
Ellen G. White Estate

# ANG KASAYSAYAN NG MGA PATRIARKA AT MGA PROPERTA



ELLEN G. WHITE

# Ang Kasaysayan ng MGA PATRIARKA at MGA PROPETA

**Ellen G. White**

**1995**

**Copyright © 2012**
**Ellen G. White Estate, Inc.**

# Information about this Book

## Overview

This eBook is provided by the Ellen G. White Estate. It is included in the larger free Online Books collection on the Ellen G. White Estate Web site.

## About the Author

Ellen G. White (1827-1915) is considered the most widely translated American author, her works having been published in more than 160 languages. She wrote more than 100,000 pages on a wide variety of spiritual and practical topics. Guided by the Holy Spirit, she exalted Jesus and pointed to the Scriptures as the basis of one's faith.

## Further Links

A Brief Biography of Ellen G. White
About the Ellen G. White Estate

## End User License Agreement

The viewing, printing or downloading of this book grants you only a limited, nonexclusive and nontransferable license for use solely by you for your own personal use. This license does not permit republication, distribution, assignment, sublicense, sale, preparation of derivative works, or other use. Any unauthorized use of this book terminates the license granted hereby.

## Further Information

For more information about the author, publishers, or how you can support this service, please contact the Ellen G. White Estate at mail@whiteestate.org. We are thankful for your interest and feedback and wish you God's blessing as you read.

## Paunang Salita

Ito ay ipinalimbag ng palathalaan mula sa isang masidhing panini- walang ito ay nagbibigay liwanag sa isang napakahalagang paksa tung- kol sa kapakanan ng buong sansinukob, isa na kung saan ang liwanag ay kinakailangang naising lubos; na ito'y naghahayag ng mga katoto- hanan na ilan lamang ang nakaaalam o kung hindi ay lubhang kara- mihan ang hindi nagpapahalaga. Ang malaking tunggalian sa pagitan ng mabuti at ng masama, ng liwanag at ng dilim, ng kapangyarihan ng Dios at ng pagtatangka ng kaaway ng lahat ng katuwiran, ay dakilang panoorin na makatuwiran lamang na ituring na karapat-dapat upang pag-ukulan ng pansin ng lahat ng mga daigdig. Na ang gano'ng tunggalian ay bunga ng kasalanan, na iyon ay kinakailangang dumaan sa iba't-ibang yugto ng pagsulong, at sa wakas ay matapos sa ikaluluwalhati ng Dios at sa higit pang ikatataas ng Kanyang mga tapat na lingkod, ay kasing tiyak kung papaanong ang Banal na Kasulatan ay pagpapahayag ng Dios sa tao. Ang salitang iyon ay naghahayag ng mga dakilang tampok ng tunggaliang ito, isang tunggalian na sumasaklaw sa pagtubos ng sanlibutan; at may natatanging mga pagkakataon kung kailan ang mga katanungang ito ay nakakakuha ng di-pangkaraniwang pansin, at nagiging pinakamahalaga sa lahat ang maunawaan ang ating relasyon dito.

Ganito ang panahong kasalukuyan, sapagkat ang lahat ay nag-papa- hiwatig na maaari nating panghawakan ngayon ng may katiyakan ang pag-asa na ang matandang tunggaliang ito ay malapit ng magtapos. Subalit marami ngayon ang waring nakalaan upang ituring na kabulaanan ang kasaysayan kung paano nasangkot ang ating sanlibutan sa dakilang usaping ito; at ang iba naman, baga-man iniiwasan ang ganitong kaisipan, ay itinuturing na isang bagay na lipas na at hindi na mahalaga, at sa gano'n ay kinalilimutan na lamang.

Subalit sino ang hindi magnanasang tumingin sa lihim na dahilan
[17] ng gano'ng kataka-takang pagtalikod; upang mabatid ang espiritu

noon at matutunan kung paano maiiwasan ang mga ibinubunga noon? Ang aklat na ito ay tungkol sa mga kaisipang iyon. Ito ay may hilig magpatanyag ng isang buhay na pagnanasa sa mga bahagi ng salita ng Dios na malimit ay nakakaligtaan. Binibihisan nito ng bagong pakahulugan ang mga pangako at mga hula sa Banal na Kasulatan, nililinaw ang pagka-walang sala ng Dios sa mga paraan ng pakildtu- ngo sa panghihimagsik, at ipinakikita ang kahanga-hangang biyaya ng Dios sa paggawa ng isang paraan ng kaligtasan para sa makasalanang tao. Sa ganito tayo ay ibinabalik ng kasaysayan sa isang panahon kung saan ang mga panukala at mga layunin ng Dios ay maliwanag na inihayag sa piniling bayan ng Dios.

Bagaman ito ay tungkol sa mga paksang gano'n karangal, mga paksang kumikilos sa kailaliman ng puso at pumupukaw ng pinaka- masiglang damdamin ng kaisipan, ang pamamaraan ng aklat na ito ay madaling maunawaan, at ang wika ay malinaw. Itinatagubilin namin ang aklat na ito sa lahat ng nasisiyahan sa pag-aaral ng banal na panukala ng pagtubos sa sangkatauhan at nakadadama ng anumang pangangailangan sa kaugnayan ng kanilang sariling kaluluwa sa ga- wain ni Kristo; at sa lahat ng iba pa ito ay aming itinatagubilin, upang gisingin sa kanila ang hilig sa ganitong mga bagay.

Nawa ang pagbabasa ng aklat na ito'y maging pagpapala sa ika- bubuti ng mga mambabasa, at humantong sa kanilang paglakad sa daan ng buhay, ang siyang taimtim na dalangin ng mga TAGAPAGLATHALA. [18]

# Panimula

Ang tomong ito ay tumatalakay sa mga paksa ng kasaysayan ng Biblia, mga paksang hindi bago sa kanilang sarili, subalit dito ay nailahad upang bigyan sila ng bagong kahulugan, naghahayag ng bukal ng pagkilos, nagpapakita ng mahahalagang kaugnayan ng ilang pagkilos, at nagdadala sa mas malakas na liwanag ng ilang maiikling tampok na nabanggit sa Biblia. Samakatuwid baga'y ang mga tagpo ay may mga kalinawan at kahalagahan na nauuwi sa paggawa ng bago at tumatagal na impresyon. Ang ganoong liwanag ay sumisinag sa talaan ng Kasulatan upang higit pang mahayag ang likas at layunin ng Dios; upang ihayag ang mga panlilinlang ni Satanas at ang mga paraang kung saan ang kanyang kapangyarihan ay malulupig sa kahuli-hulihan; upang maipakita ang kahinaan ng puso ng tao, at kung paanong ang biyaya ng Dios ay binibigyan ng kakayahan ang mga taong manlupig sa pakikipaglaban sa kasamaan. Lahat ng ito ay kasang-ayon ng layuning ipinakita ng Dios sa paglalantad sa mga tao ng mga katotohanan ng Kanyang salita. Ang ahensyang kung saan ang mga pagpapahayag na ito ay naibigay ay nakita—nang nasubok sa Kasulatan—upang maging isa sa mga paraan na ginagamit pa rin ng Dios upang turuan ang mga anak ng tao.

Bagamat hindi na ngayon katulad noong sa pasimula, nang ang tao sa kanyang kabanalan at kawalang-sala ay mayroong personal na pag-aaral mula sa kanyang Manlalalang, hindi pa rin pinabayaan ang taong walang Banal na Tagapagturo na inilaan ng Dios na kakatawan sa Kanya, ang Espiritu Santo. Kaya nga ating narinig ang apostol Pablo na nagpapahayag na ang isang banal na "pagbibigay-liwanag" ay ang natatanging karapatan ng mga tagasunod ni Kristo; at nang sila ay "maliwanagan" sa pagiging "kabahagi ng Espiritu Santo." Hebreo 10:32; 6:4. Sinasabi rin ni Juan, "Kayo'y may pahid ng Banal." 1 Juan 2:20. At si Kristo ay pinangakuan ang mga alagad, nang Siya ay malapit na silang iwanan, na susuguin Niya sa kanila
[19] ang Espiritu Santo bilang Taga-aliw at Taga-akay na magtuturo sa

kanila ng lahat ng katotohanan. Juan 14:16, 26.

Upang maipakita kung paanong maisasakatuparan ang pangakong ito sa iglesia, si apostol Pablo, sa dalawa sa kanyang mga sulat, ay pormal na nagpapahayag na may ilang mga kaloob ng Espiritu ang napasa iglesia para sa pagtuturo dito hanggang sa katapusan ng panahon. 1 Corinto 12; Efeso 4:8-13; Mateo 28:20. Ni ang lahat ng ito: maraming maliwanag na maliwanag na mga hula ang nagpapahayag na sa mga huling araw ay magkakaroon ng natatanging pagbuhos ng Espiritu Santo, at ang iglesia sa panahon ng pagpapakita ni Kristo ay magkakaroon, sa pagsasara ng karanasan niyon, ng "patotoo ni Kristo," ang espiritu ng hula. Gawa 2:17-20, 39; 1 Corinto 1:7; Apocalipsis 12:17; 19:10. Sa mga puntong ito nakikita natin ang katibayan ng pagpatnubay at pag-ibig ng Dios para sa Kanyang bayan; sapagkat ang presensya ng Espiritu Santo bilang Mang-aaliw, Tagapagturo, at Taga-akay, hindi lamang sa karaniwan kundi higit pa sa karaniwan nitong, mga paraan ng paggawa, ang talagang kinakailangan sa iglesia habang ito ay pumapasok sa mga panganib ng mga huling araw, higit pa sa kahit anong bahagi ng karanasan nito.

Ang mga Kasulatan ay nagtuturo ng iba't ibang daluyang kung saan ang Espiritu Santo ay gagawa sa mga puso at isipan ng mga tao upang bigyang liwanag ang kanilang pang-unawa at patnubayan ang kanilang mga hakbang. Ang ilan sa mga ito ay mga pangitain at panaginip. Sa ganitong paraan ang Dios ay makikipag-ugnayan pa rin sa mga anak ng mga tao. Narito ang Kanyang pangako sa puntong ito: "Dinggin ninyo ngayon ang Aking mga salita: Kung mayroon sa gitna ninyo na iisang propeta, Akong Panginoon ay pakikilala sa kanya sa pangitain, na kakausapin Ko siya sa panaginip." Bilang 12:6. Sa ganitong mga paraan ang kahima-himalang kaalaman ay naipahatid kay Balaam. Sa gayon ay Kanyang sinabi: "Nagsabi si Balaam na anak ni Beor, at ang lalaking napikit ang mata ay nagsabi; siya'y nag-sabi, na nakarinig ng mga salita ng Dios, at nakaalam ng karunungan ng Kataastaasan, na siyang nakakita ng pangitain ng Makapangyarihan sa lahat, na nalulugmok at nakadilat ang Kanyang mga mata." Bilang 24:15-16.

Samakatuwid ito ay nagiging isang bagay na may malaking pagka- gustong suriin ang patotoo ng Kasulatan ukol sa kalawakang kung saan ang Panginoon ay pinanukalang ang Espiritu ay dapat [20]

ihayag ang Sarili nito sa iglesia sa loob ng panahon ng pagsubok sa tao.

Matapos bumalangkas ng panukala ng kaligtasan, ang Dios, gaya ng nakita natin, sa pamamagitan ng ministeryo ng Kanyang Anak at ng mga banal na anghel, ay makikipagsalitaan pa sa mga tao sa kabila ng look na ginawa ng kasalanan. Minsan ay nakipag-usap Siya sa kanila ng mukhaan, gaya nang sa katayuan ni Moises, ngunit mas madalas ay sa panaginip at pangitain. Ang mga halimbawa ng ganoong palakipag-usap ay tanyag kahit saan sa banal na talaan, sakop ang lahat na kapamahalaan. Si Enoc na ikapito mula kay Adan ay tumanaw sa hinaharap sa pamamagitan ng espiritu ng hula sa ikalawang pagparito ni Kristo sa kapangyarihan at kaluwalhatian, at nagbulalas, "Narito, dumating ang Panginoon, na kasama ang Kanyang mga laksa-laksang banal." Judas 14. "Ang mga tao ay nagsalita buhat sa Dios, na nangaudyokan ng Espiritu Santo." 2 Pedro 1:21. Kung ang paggawa ng espiritu ng hula ay mayroong mga panahong tila halos mawala na, habang ang espirituwalidad ng tao ay humihina, gayunman natatakan nito ang lahat ng malalaking krisis sa karanasan ng iglesia, at ang mga panahong nakasaksi ng pagbabago mula sa isa hanggang sa isa na namang pamamahala. Nang ang panahong natatakan sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao ni Kristo ay naabot, ang ama ni Juan Bautista ay napuspos ng Espiritu Santo, at nanghula. Lucas 1:67. Kay Simon ay naipahayag na hindi siya dapat mamatay hanggang sa maldta niya ang Panginoon; at nang ang mga magulang ni Jesus ay dinala Siya sa templo upang Siya ay maitalaga, si Simon ay dumating sa Espiritu sa templo, kinalong Siya sa kanyang mga bisig, at pinagpala Siya habang siya ay nanghuhula ukol sa Kanya. At si Ana, isang babaeng propeta, dumarating sa ganoon ding sandali, ay nagsalita tungkol sa Kanya sa lahat nilang tumanaw sa pagtubos sa Jerusalem. Lucas 2:26, 36.

Ang pagbuhos ng Espiritu Santo na mag-aasikaso sa pagtuturo ng ebanghelyo ng mga tagasunod ni Kristo ay naipahayag ng propeta sa ganitong mga salita: "At mangyari pagkatapos, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman: at ang inyong mga anak na lalaki at babae ay manganghuhula, ang inyong mga matatanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip, ang inyong mga binata ay mangakakakita ng mga pangitain: at sa mga lingkod na lalaki

at babae naman ay ibubuhos Ko sa mga araw na yaon ang Aking Espiritu. [21]

At Ako'y magpapakita ng mga kababalaghan sa langit at sa lupa, at apoy, at mga haliging usok. Ang araw ay magiging kadiliman, at ang buwan ay dugo, bago dumating ang dakila at kakilakilabot na ka- arawan ng Panginoon." Joel 2:28-31.

Si Pedro sa araw ng Pentecostes, ay sinipi ang hulang ito sa pag- papaliwanag ng kamangha-manghang tagpo na noon ay naganap. Ang mga apoy na kawangis ng dila ay dumapo sa bawat alagad; sila ay nangapuspos ng Espiritu Santo, at nagsalita sa iba't ibang wika. At nang ang mga mapangutya ay pinaratangan silang nakainom ng bagong alak, si Pedro ay sumagot, "Ang mga ito'y hindi lasing, na gaya ng inyong akala; yamang ngayo'y oras na ikatlo lamang ng araw; datapuwat ito'y yaong sinalita na sa pamamagitan ng propeta Joel." At sinipi niya ang kabuuan ng hulang gaya ng makikita sa Joel (sinipi sa itaas), kaya lang ay inilalagay niya ang mga salitang, "sa mga huling araw," sa lugar ng "pagkatapos," na naging, "At mang- yayari sa mga huling araw, sabi ng Dios, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu," at iba pa.

Malinaw na iyon ay bahagi lamang ng hula na nagsasaysay ng pagbuhos ng Espiritu, na nagsimulang maganap nang araw na yaon; sapagkat walang matanda doon na nananaginip ng mga panaginip, ni mga batang lalaki at babae na nakakakita ng mga pangitain at nang- huhula; at walang mga kababalaghan ng dugo at apoy at mga haligi ng usok na nakita; at ang araw ay hindi nagdilim at ang buwan ay hindi naging dugo sa panahong iyon; gayon pa man ang mga nasaksihan doon ay nasa kaganapan ng hula ni Joel. Parehong malinaw na ang bahagi ng hula tungkol sa pagbuhos ng Espiritu ay hindi naubos sa ganoong isang pagpapakita; sapagkat ang hula ay sinasakop ang lahat ng araw mula noong panahong iyon hanggang sa pagdating ng dakilang araw ng Panginoon.

Subalit ang Araw ng Pentecostes ay nasa kaganapan ng iba pang mga hula bukod noong kay Joel. Ang mga salita ni Kristo ay na- ganap din noon. Sa Kanyang huling pakikipagpanayam sa Kanyang mga alagad bago pa Siya ipako, Siya ay nagsabi sa kanila: "Ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan Niya ng ibang Mang-aaliw, ... sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan." Juan 14:16, 17. "Datapuwat ang Mang-aaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu

Santo, na susuguin ng Ama sa Aking pangalan, Siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay.” Talatang 26. “Gayon ma’y kung
[22] Siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan Niya kayo sa buong katotohanan.” Kapitulo 16:13. At matapos na si Kristo ay bumangon mula sa mga patay, sinabi Niya sa Kanyang mga alagad, “Narito, ipadadala Ko sa inyo ang pangako ng Aking Ama, datapuwat mag- sipanatili kayo sa bayan, hanggang sa kayo’y masangkapan ng kapang- yarihang galing sa itaas.” Lucas 24:49.

Sa Araw ng Pentecostes ang mga alagad kung gayon ay napagkalooban ng kapangyarihang mula sa itaas. Subalit ang pangakong ito ni Kristo ay hindi, higit pa kaysa sa hula ni Joel, doon lang sa pagkakataong iyon. Sapagkat nagbigay din Siya sa kanila ng ganoong pangako sa ibang paraan sa pagbibigay ng kasiguruhan sa kanila na Siya ay sasa kanilang palagi, hanggang sa katapusan ng sanlibutan. Mateo 28:20. Si Marcos ay sinasabihan tayo kung sa paanong diwa at paraan ang Panginoon ay sasama sa kanila. Siya ay nagsasabing, “At nagsialis sila, at nagsipangaral sa lahat ng dako, na gumagawang kasama nila ang Panginoon, at pinatotohanan ang salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip.” Marcos 16:20. At si Pedro, sa Araw ng Pentecostes, ay nagpatotoo ukol sa pagpapatuloy ng gawaing ito ng Espiritu na kanilang nasaksihan. Nang ang mga naniniwalang mga Hudyo ay sinabi sa mga apostol, “Anong gagawin namin?” Si Pedro ay sumagot, “Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Jesu-Kristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa Kanya.” Gawa 2:37-39. Ito ay talagang naglalaan para sa gawain ng Espiritu Santo sa iglesia, maging sa natatanging pagpa- pahayag nito, sa lahat ng panahong darating, hanggat ang kahabagan ay mag-aanyaya sa mga taong tanggapin ang mapagpatawad na pag-ibig ni Kristo.

Paglipas ng dalawampu’t walong taon sa kanyang sulat sa mga taga Corinto, nag-umpisa si Pablo sa iglesiang iyon ng isang pormal na pagpapaliwanag sa tanong. Sinasabi niya (1 Corinto 12:1), “Ngayon tungkol sa mga kaloob na ayon sa espiritu, mga kapatid, ay hindi ko ibig na hindi kayo makaalam”—napaka halagang kanyang minabuti iyon nang ang paksang ito ay maintindihan sa Kristianong

iglesia. Matapos mabanggit na bagaman ang Espiritu ay iisa iyon ay may iba-ibang paggawa, at sa pagpapaliwanag kung anu-ano ang pagkakaibang iyon, ipinakikilala niya ang katawan ng tao, kasama ang sari-saring mga kaanib nito, upang ipakita kung paanong nabuo ang iglesia sa iba't ibang mga katungkulan at handog nito. At samantalang ang katawan ay mayroong iba't ibang mga kaanib, bawat isa ay may kanya-kanyang katungkulan na gagampanan, at ang lahat ay gagawang sama-sama sa iisang pakay para bumuo ng isang nagkakasundong kabuuan, gayon din ang Espiritu ay gagawa sa iba't ibang paraan sa iglesia para makabuo ng sakdal na relihiyosong kapulungan. At si Pablo sa nagpatuloy sa mga salitang ito: "At ang Dios ay naglagay ng ilan sa iglesia, una-una'y mga apostol, ikalawa'y mga propeta, ikado'y mga guro, saka mga himala, saka mga kaloob na pagpapagaling, mga pagtulong, mga pamamahala at iba't ibang mga wika." [23]

Ang pagpapahayag ng Dios na sinimulan sa ilan sa simbahan, at iba pa, ay nagpapahiwatig ng ilang mga bagay na mas higit pa na ang daan ay naiwang bukas para sa paglabas ng mga kaloob kung magkakataong sumang-ayon ang mga pangyayari. Ito ay nangangahulugang sila ay dapat maging permanenteng mga bahagi ng tunay na espirituwal na kabuuan ng iglesia, at nang kung ang mga ito ay hindi masigasig sa paggawa ang iglesia ay malalagay sa katayuan ng katawan ng tao, ang ilan kung saan ang mga kaanib, sa pamamagitan ng aksidente o sakit, ay nagiging lumpo at mahina. Naumpisahang minsan sa iglesia, doon ang mga handog na ito ay dapat na manatili hanggang sila ay ganap na maalis. Ngunit walang tala na sila ay naalis.

Pagkalipas ng limang taon, siyang apostol din ay sumulat sa mga taga Efeso na nauugnay din sa ganoong mga handog, malinaw na binabanggit ang kanilang adhikain, at sa gayo'y hindi ipinakikitang tuwiran na dapat silang magpatuloy hanggang sa maganap ang kanilang nilalayon. Wika niya (Efeso 4:8, 11-13): "Kaya't sinasabi Niya, Nang umakyat Siya sa itaas ay dinala Niyang bihag ang pagkakabihag, at nagbigay ng kaloob sa mga tao... at pinagkalooban Niya ang iba na maging mga apostol; at ang mga iba'y mga propeta; at ang mga iba'y ebanghelista; at ang iba'y mga pastor at mga guro; sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing pagliling- kod sa ikatitibay ng katawan ni Kristo: hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa

ng pananampalataya, at ang pagkakilala sa Anak ng Dios, hanggang
[24] sa lubos na paglaki ng tao, hanggang sa sukat na pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo."

Ang iglesia ay hindi umabot sa pagkakaisang binalak dito, sa panahon ng mga apostol; at hindi nagtagal pagkalipas ng panahong iyon, ang malaking espirituwal na pagtalikod sa Dios ay nagsimulang padilimin ang iglesia; at talagang nang panahong iyon ng paghina, ang kaganapang ito ni Kristo, at pagkakaisa sa pananampalataya, ay hindi naabot. Ni maaabot hanggang sa ang huling mensahe ng kahabagan ay matipon ang bawat kaanak at tao, katayuan sa lipunan, at samahan ng kamalian, isang bayang ganap sa lahat ng pagbabago sa ebanghelyo, na naghihintay sa pagdating ng Anak ng tao. At totoong, kung sa kanyang karanasan ang iglesia ay kakailanganing pakinabangan ang bawat ahensyang naatasan para sa kanyang kaaliwan at gabay, pampalakas-loob at pag-iingat, ito ay malalagay sa gitna ng panganib ng mga huling araw, kapag ang kapangyarihan ng kasamaan, bihasang naging ganap sa karanasan at pagsasanay para sa kanilang karumal-dumal na gawain, sa pamamagitan ng kanilang pinaka mahusay na pagpapanggap, ay makapanlilinlang kung posible maging ng hinirang. Kung magkagayon, tama lamang na lumapit sa mga natatanging hula ng pagbubuhos ng Espiritu para sa kapakinabangan ng iglesia sa mga huling araw.

Gayon pa man, iyon ay madalas na naituturo, sa kasalukuyang panitikan ng Kristianong mundo, na ang mga kaloob ng Espiritu ay para lamang sa panahon ng mga apostol; na binigyan lamang sila para sa pagtatanim ng ebanghelyo; at nang ang ebanghelyong minsan ay itinatag, ang mga kaloob ay hindi na kinailangan, at ang bunga sa di katagalan ay pinagdusahan para mawala sa iglesia. Subalit ang apostol Pablo ay binabalaan ang mga Kristiano ng kanyang araw na ang "misteryo ng kasalanan" ay gumagawa na, at pagkaalis niya, ang mga ganid na lobo ay magsisipasok sa kanila, na hindi mangagpapatawad sa kawan, magsisilitaw sa mga kasamahan din nila, ang mga taong mangagsasalita ng mga bagay na masasama upang mangagdala ng mga alagad sa kanilang hulihan. Gawa 20:29, 30. Kung gayon ang mga kaloob pala, na nailagay sa iglesia para magbantay laban sa napaka sasamang ito, ay hindi handa, nang dumating ang panahong iyon, para lumipas na tila natapos ang kanilang layunin; sapagkat ang kanilang presensya at tulong ay

kakailanganin sa ilalim ng ganitong mga kalagayan higit kaysa nang ang mga apostol mismo ay nasa hakbang ng pagkilos. 

Makikita natin ang isa pang pahayag ni Pablo sa sulat niya sa iglesia ng Corinto, na nagpapakita na ang laganap na kuro-kuro ng pansamantalang pagpapatuloy ng mga kaloob ay maaaring hindi wasto. Iyon ang kanyang paghahambing ng pangkasalukuyang, di-sakdal na kalagayan, at ng maluwalhating, walang kamatayang kalagayang kung saan ang Kristiano sa kahuli-hulihan ay hahantong. 1 Corinto 13. Wika niya (mga talatang 9, 10), "Sapagkat nangakikilala tayo ng bahagya, at nanganghuhula tayo ng bahagya; Datapuwat kung dumating ang sakdal, ang bahagya ay matatapos." Inilalarawan pa niya itong kasalukuyang katayuan sa paghahambing niyon sa panahon ng kabataan sama ang kahinaan at pagkabata-bata ng pag-iisip at kilos niyon; at ang kalagayang sakdal, hanggang sa kahustuhang-gulang sama ang mas malinaw na pananaw, hustong pag-iisip, at kalakasan. At kanyang binubukod ang mga kaloob sa mga bagay na yaon na kailangan sa ganitong kasalukuyan, di-sakdal na kalagayan, subalit mawawalan tayo ng pagkakataon kapag ang katayuang sakdal ay dumating. "Ngayo'y," sinabi niya (talatang 12), "malabo tayong nakakakita ng isang salamin; nguni't pagkatapos ay makikita natin sa mukhaan: ngayo'y nakikilala ko ng bahagya, ngunit pagkatapos ay makikilala ko ng gaya naman ng pagkakakilala sa akin." Pagkatapos ay sinabi niya kung anong mga biyaya ang naangkop sa pangwalang hanggang kalagayan at doon ay magkakaroon ng, tinatawag na pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, "ang tatlong ito, ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig."

Ito ay ipinapaliwanag ang wika ng talatang 8: "Ang pag-ibig ay hindi nagkukulang kailan man;" iyon ay, pag-ibig, ang makalangit na biyaya ng pag-ibig, ay magtatagal magpakailan pa man; iyon ang nagpuputong na kaluwalhatiang hinaharap ng tao, kalagayang walang kamatayan; datapuwat "kahit maging mga hula, ay mangatatapos;" iyon ay, darating ang panahon na ang mga hula ay di na kakailanganin pa, at ang kaloob ng hula, na isa sa mga tulong sa iglesia, ay hindi na maisasagawa pa; "maging mga wika ay titigil;" iyon ay, ang mga kaloob ng mga wika ay hindi na magagamit pa; "maging kaalaman ay mawawala;" iyon ay, kaalaman, hindi pahalaw, kundi isa sa mga nata- tanging kaloob ng Espiritu, mabibigay na di

kailangan ng kaalamang sakdal na ipagkakaloob sa atin sa walang
[26] hanggang mundo.

Ngayon, kung tatanggapin natin ang paniniwalang ang mga kaloob ay tumigil sa panahon ng mga apostol, sapagkat hindi na kailangan pa, inilalagay natin ang ating mga sarili sa paniniwalang ang panahon ng mga apostol ay mahina at ang bata-batang panahon ng iglesia, nang ang lahat ay nakakitang malabo sa salamin; datapuwat ang panahong sumunod, nang ang mga ganid na lobo ay magsisipasok, na hindi mangagpapatawad sa kawan at magsisilitaw, maging sa iglesia, na mangagsasalita ng mga bagay na masasama, upang mangagdala ng mga alagad sa kanilang hulihan, ay isang panahon ng sakdal na liwanag at kaalaman, na kung saan ang di sakdal at pagkabata-bata at malabong kaalaman nang mga panahon ng mga apostol ay napawi na! Sapagkat, kung alalahanin iyon, ang mga kaloob ay humihinto lamang kapag ang kalagayang sakdal ay naabot na, at dahilan yaong kalagayan ay naabot na, na hindi na kakailanganing ibigay pa sa kanila. Ngunit wala ni isa, sa maliwanag na kaisipan, ang makapagsasaliksik sa isang sandali para panatilihin ang paniniwalang ang panahon ng mga apostol ay mas nakakababa sa espirituwalidad kaysa mga panahong sumunod doon. At kung ang mga kaloob ay Idnailangan noon, ang mga iyon ay tunay na kailangan ngayon.

Sa mga ahensyang isa-isang binanggit ng mga apostol sa kanyang mga sulat sa mga taga Corinto at mga taga Efeso bilang "mga kaloob" na nalagay sa iglesia, makikita nating ang "mga pastor," "mga guro," "mga tulong," at "mga pamamahala;" at ang lahat ng mga ito ay tinatanggap na nagpapatuloy pa rin sa iglesia. Bakit hindi, kung gayon, ang iba man, kasama ang pananampalataya, panggagamot, panghuhula, at iba pa? Sinong makakaguhit ng linya, at makapagsasabi kung anong mga kaloob ang "nagmula" sa iglesia, kung ang lahat, sa pasimula, ay pare-parehong "inilagay" doon?

Ang Apocalipsis 12:17 ay nabanggit bilang isang hula na ang mga kaloob ay babalik sa mga huling araw. Ang pagsusulisit ng mga patotoo niyon ay patitibayin ang pananaw na ito. Ang talata ay nagsa- salita tungkol sa nalabi ng binhi ng babae. Ang babae ay kumakatawan sa iglesia, ang kanyang binhi ay ang magiging mga kaanib na bumubuo ng iglesia sa kahit isang panahon; at ang "labi" ng kanyang binhi ang magiging huling saling-lahi ng mga Kristiano,

o yaong mga namu- muhay sa lupa sa ikalawang pagparito ni Kristo. Sa patuloy, ang talata ay naghahayag na ang mga ito ang “siyang nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at may patotoo ni Jesus,” at [27]
ang “patotoo ni Jesus” ay ipinaliwanag sa kapitulo 19:10 na siyang “espiritu ng hula,” na dapat maunawaang siyang kasama sa mga kaloob ay tinatawag na “kaloob ng hula.” 1 Corinto 12:9, 10.

Ang kinalalagyan ng mga kaloob sa iglesia ay hindi nagpapahiwatig na ang bawat isa ay dapat yaong gamitin. Sa puntong ito ang apostol (1 Corinto 12:29) ay nagsasabing, “Lahat baga’y mga apostol? lahat baga’y mga propeta? lahat baga’y mga guro?” at iba pa. Ang pagpa- kahulugang tugon ay Hindi; hindi ang lahat; kundi ang mga kaloob ay binaha-bahagi sa mga kaanib sang-ayon sa ikalulugod ng Dios. 1 Corinto 12:7, 11. Gayon pa man ang mga kaloob na ito ay nasabing “nalagay sa iglesia,” at kung ang isang kaloob ay naipagkaloob sa bawat isang kaanib ng iglesia, maaaring masabing ang kaloob ay “nasa iglesia,” o ang iglesiang yaon ay pinaniniwalaang mayroon na ngayong patotoo ni Jesus, o kaloob ng hula.

Ang isa pang bahagi ng Kasulatan na malinaw na nasulat na may pagtukoy sa mga huling araw, ay nagdadala ng ganoon ding kato- tohanang malinaw kung titingnan. 1 Tesalonica 5. Ang apostol ay binubuksan ang kapitulo ng ganitong mga salita: “Datapuwat tungkol sa mga kapanahunan at mga bahagi ng panahon, mga kapatid, hindi ninyo kailangan na isulat ko pa sa inyo ang anuman. Sapagkat kayo rin ang mga lubos na nangakakaalam, na ang pagdating ng kaarawan ng Panginoon ay gaya ng magnanakaw sa gabi.” Sa talatang 4 ay nagdadagdag siya, “Ngunit kayo, mga kapatid, ay wala sa kadiliman, upang sa araw na yaon ay masubukan kayong gaya ng magnanakaw.” At siya ay binibigyan sila ng sari-saring mga babala sa pagtanaw sa pangyayaring yaon, ang ilan sa mga iyon ay ang mga ito (mga talatang 19-21): “Huwag ninyong patayin ang ningas ng Espiritu; Huwag ninyong hamakin ang panghuhula; subukin ninyo ang lahat ng mga bagay, ingatan ninyo ang mabuti.” At sa talatang 23 ay dumadalangin siyang ang mga tao mismong ito na sa gayo’y magkakaroon ng kaug- nayan sa, “mga panghuhula” ay maaaring mapanatiling walang kasa- lanan hanggang sa pagdating ng Panginoon.

Sa lakas ng mga kaisipang ito hindi baga tayo maaaring ganap sa paniniwala na ang kaloob ng hula ay maipapahayag sa iglesia sa mga huling araw, at nang sa pamamagitan niyon higit na liwanag at napa- panahong aral ang maibibigay?

Lahat ng bagay ay marapat pakitunguhan sang-ayon sa pamu-
[28] muno ng apostol: "Subukin ninyo ang lahat ng mga bagay, ingatan ninyo ang mabuti;" at subukan sa pamantayan ng Manliligtas: "Sa kanilang mga bunga ay makikilala ninyo sila" Sa pagbatay sa pamantayang ito sa kapakanan ng mga salaysay na magiging isang pagpapahayag ng kaloob ng hula, inirerekomenda namin ang tomong ito alang-alang sa mga naniniwalang ang Biblia ay salita ng Dios, at ang iglesia ay ang katawan na ang ulo ay si Kristo.

Uriah Smith

[29]

# Contents

Information about this Book . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . i
Paunang Salita . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . ii
Panimula . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . iv
Kabanata 1—Bakit Ipinahintulot ang Kasalanan? . . . . . . . . . . . . 18
Kabanata 2—Ang Paglalang . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 31
Kabanata 3—Ang Tukso at ang Pagkahulog . . . . . . . . . . . . . . . . 40
Kabanata 4—Ang Panukala ng Pagtubos . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 54
Kabanata 5—Si Cain at si Abel ay Sinubok . . . . . . . . . . . . . . . . . 64
Kabanata 6—Si Set at si Enoc . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 73
Kabanata 7—Ang Baha . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 85
Kabanata 8—Pagkalipas ng Baha . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 101
Kabanata 9—Ang Literal na Sanlinggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 108
Kabanata 10—Ang Tore ng Babel . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 116
Kabanata 11—Ang Pagkatawag kay Abraham . . . . . . . . . . . . . . 124
Kabanata 12—Si Abraham sa Canaan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 133
Kabanata 13—Ang Pagsubok ng Pananampalataya . . . . . . . . . 150
Kabanata 14—Ang Pagkagunaw ng Sodoma . . . . . . . . . . . . . . . 162
Kabanata 15—Ang Pag-aasawa ni Isaac . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 178
Kabanata 16—Si Jacob at si Esau . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 186
Kabanata 17—Ang Pagtakas at Pagiging Distiyero ni Jacob . . 194
Kabanata 18—Ang Gabi ng Pakikipagbuno . . . . . . . . . . . . . . . . 206
Kabanata 19—Ang Pagbabalik sa Canaan . . . . . . . . . . . . . . . . . 215
Kabanata 20—Si Jose sa Ehipto . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 226
Kabanata 21—Si Jose at ang Kanyang mga Kapatid . . . . . . . . . 237
Kabanata 22—Si Moises . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 259
Kabanata 23—Ang Mga Salot sa Ehipto . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 276
Kabanata 24—Ang Paskua . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 294
Kabanata 25—Ang Exodo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 301
Kabanata 26—Mula sa Pulang Dagat Hanggang sa Sinai . . . . . 312
Kabanata 27—Ang Kautusang Ibinigay sa Israel . . . . . . . . . . . 327
Kabanata 28—Ang Pagsamba sa diyus-diyusan sa Sinai . . . . . 342
Kabanata 29—Ang Galit ni Satanas Laban sa Kautusan . . . . . . 359
Kabanata 30—Ang Tabernakulo at ang mga Serbisyo . . . . . . . 373
Kabanata 31—Ang Kasalanan ni Nadab at ni Abihu . . . . . . . . 390

Kabanata 32—Ang Kautusan at ang mga Tipan . . . . . . . . . . . . 395
Kabanata 33—Mula sa Sinai Hanggang sa Cades . . . . . . . . . . . 409
Kabanata 34—Ang Labindalawang Tiktik . . . . . . . . . . . . . . . . . 424
Kabanata 35—Ang Paghihimagsik ni Core . . . . . . . . . . . . . . . . 434
Kabanata 36—Sa Ilang . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 448
Kabanata 37—Ang Hinampas na Bato . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 454
Kabanata 38—Paglalakbay sa Palibot ng Edom . . . . . . . . . . . . 464
Kabanata 39—Ang Pagsakop sa Basan. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 476
Kabanata 40—Balaam . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 483
Kabanata 41—Ang Pagtalikod sa Jordan . . . . . . . . . . . . . . . . . . 500
Kabanata 42—Muling Isinaysay ang Kautusan . . . . . . . . . . . . . 511
Kabanata 43—Ang Pagkamatoy ni Moises . . . . . . . . . . . . . . . . 520
Kabanata 44—Pagtawid sa Jordan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 532
Kabanata 45—Ang Pagkaguho ng Jerico . . . . . . . . . . . . . . . . . . 539
Kabanata 46—Ang mga Pagpapala at ang mga Sumpa . . . . . . . 552
Kabanata 47—Ang Pakikilakip sa mga Gabaonita . . . . . . . . . . 557
Kabanata 48—Ang Pagkakabahagi ng Canaan . . . . . . . . . . . . . 563
Kabanata 49—Ang Huling mga Salita ni Josue . . . . . . . . . . . . . 577
Kabanata 50—Ang mga Ikapu at mga Handog . . . . . . . . . . . . . 582
Kabanata 51—Ang Pangangalaga ng Dios so Mahihirap . . . . . 588
Kabanata 52—Ang Taun-taong mga Kapistahan . . . . . . . . . . . . 596
Kabanata 53—Ang Naunang mga Hukom . . . . . . . . . . . . . . . . . 604
Kabanata 54—Samson . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 622
Kabanata 55—Ang Batang si Samuel . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 633
Kabanata 56—Si Eli at ang Kanyang mga Anak . . . . . . . . . . . . 641
Kabanata 57—Ang Kaban ay Nakuha ng mga Filisteo . . . . . . . 649
Kabanata 58—Ang mga Paaralan ng mga Propeta . . . . . . . . . . 660
Kabanata 59—Ang Unang Hari ng Israel . . . . . . . . . . . . . . . . . . 671
Kabanata 60—Ang Kapangahasan ni Saul . . . . . . . . . . . . . . . . . 688
Kabanata 61—Tinanggihan si Saul . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 699
Kabanata 62—Ang Pagpapahid kay David . . . . . . . . . . . . . . . . 712
Kabanata 63—Si David at si Goliath . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 718
Kabanata 64—Si David Bilang Isang Pugante . . . . . . . . . . . . . . 726
Kabanata 65—Ang Kagandahang-loob ni David . . . . . . . . . . . . 740
Kabanata 66—Ang Pagkamatay ni Saul . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 757
Kabanata 67—Ang Sinauna of Makabagong Pang-eengkanto . 765
Kabanata 68—Si David sa Ziklag . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 774
Kabanata 69—Tinawagan Tungo sa Trono si David . . . . . . . . . 783

Kabanata 70—Ang Paghahari ni David . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 790
Kabanata 71—Ang Kasalanan at Pagsisisi ni David . . . . . . . . . . 806
Kabanata 72—Ang Paghihimagsik ni Absalom . . . . . . . . . . . . . . 820
Kabanata 73—Mga Huling Taon ni David . . . . . . . . . . . . . . . . . 842
Apendiks . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 855

## Kabanata 1—Bakit Ipinahintulot ang Kasalanan?

“Ang Dios ay pag-ibig.” 1 Juan 4:16. Ang Kanyang likas, at kautusan, ay pag-ibig. Iyon ay gano’n; at laging magiging gano’n. Ang “Mataas at Matayog na tumatahan sa walang hanggan,” “na ang mga lakad ay gaya noong araw,” ay hindi nagbabago. Sa Kanya ay “walang pagbabago ni kahit anino man ng pag-iiba.” Isaias 57:15; Habacuc 3:6; Santiago 1:17.

Bawat pagpapahayag ng kapangyarihan upang lumikha ay isang pagbigkas ng pag-ibig na walang hanggan. Ang kapamahalaan ng Dios ay kinasasangkutan ng pagpasigla sa lahat ng nilikha. Ayon sa mang-aawit:

“Malakas ang Iyong kamay, at mataas ang Iyong kanang kamay.
Katuwiran at kahatulan ay patibayan ng Iyong luklukan:
Kagandahang-loob at katotohanan aynagpapauna sa Iyong mukha.
Mapalad ang bayan na nakakaalam ng masayang tunog:
Sila’y nagsisilakad, Oh Panginoon, sa liwanag ng Iyong mukha.
Sa Iyong pangalan ay nangagagalak sila buong araw:
At sa Iyong katuwiran ay nangatataas sila.
Sapagkat Ikaw ang kaluwalhatian ng kanilang kalakasan:...
Sapagkat ang aming kalasag ay ukol sa Panginoon;
At aming hari ay Banal ng Israel.”

Mga Awit 89:13-18.

Ang kasaysayan ng malaking tunggalian ng mabuti at ng masama, mula sa iyon ay nagsimula sa langit hanggang sa ganap na pagpapabagsak sa panghihimagsik at sa ganap na pag-aalis ng kasalanan, ay isa ring pagpapahayag ng pag-ibig ng Dios na hindi magbabago.

Ang Kataas-taasan ng sansinukob ay hindi nag-iisa sa Kanyang gawain ng pagpapala. Mayroon siyang kasama—isang kamangga-gawa na nakababatid ng Kanyang mga layunin, at naldkigalak sa

Kanya sa pagbibigay ng kasiyahan sa mga nilikha. "Nang pasimula siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo [34] ay Dios. Ito rin nang pasimula'y sumasa Dios." Juan 1:1, 2. Si Kristo, ang Verbo, na bugtong na Anak ng Dios, ay kaisa ng walang hanggang Ama—kaisa sa likas, sa ugali, at sa layunin—ang bukod tanging nakakapasok sa lahat ng payo at mga layunin ng Dios. "Ang Kanyang pangalan ay tatawaging kamangha-mangha, Tagapayo, makapangyarihang Dios, walang hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan." Isaias 9:6. "Ang pinagbuhatan Niya ay mula nang una, mula nang walang hanggan." Mikas 5:2. At ang Anak ng Dios ay nagpahayag tungkol sa Kanyang sarili: "Inari ako ng Panginoon sa pasimula ng Kanyang mga lakad, bago pinasimulan ang Kanyang mga gawa ng una. Ako'y nalagay mula noong araw mula ng walang pasimula.... Nang Kanyang iayos ang mga patibayan ng lupa: nasa siping nga Niya ako na gaya ng matalinong manggagawa: at Ako ang Kanyang ligaya sa araw-araw, na nagagalak na lagi sa harap Niya." Kawikaan 8:22-30.

Isinagawa ng Ama sa pamamagitan ng Anak ang paglalang sa lahat ng mga anghel. "Sapagkat sa Kanya nilalang ang lahat ng mga bagay, ... maging mga luklukan o mga pagsasakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan: lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan Niya, ukol sa Kanya." Colosas 1:16. Lingkod ng Dios ang mga anghel na nagniningning sa liwanag na patuloy na bumubukal mula sa Kanyang presensya at mabilis na lumilipad upang isakatuparan ang Kanyang kalooban. Subalit ang Anak, na pinahiran ng Dios, na "tunay na larawan ng Kanyang pagka-Dios," ay "sinag ng Kanyang kaluwalhatian," na "umaalalay sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng salita ng Kanyang kapangyarihan," ay may kataasan sa kanilang lahat. Hebreo 1:3. "Ang maluwalhating luklukan, naitaas mula ng pasimula," ay siyang dako ng Kanyang santuwaryo (Jeremias 17:12); "ang setro ng katuwiran," ang setro ng Kanyang kaharian. Hebreo 1:8. "Karangalan at kamahalan ay nasa harap Niya: kalakasan at kagandahan ay nasa Kanyang santuwaryo." Mga Awit 96:6. Kagandahang-loob at katotohanan ay nagpapauna sa Kanyang mukha. Mga Awit 89:14.

Ang kautusan ng pag-ibig bilang patibayan ng pamahalaan ng Dios, ang kagalakan ng lahat ng mga nilikhang may katalinuhan ay nakasalalay sa kanilang ganap na pagsunod sa mga dakilang

prinsipyo ng katuwiran. Ninais ng Dios mula sa lahat ng Kanyang nilikha ang paglilingkod ng pagmamahal—paglilingkod na nag-
[35] mumu- Ia sa paghanga sa Kanyang likas. Hindi Siya nalulugod sa isang napi- litang pagsunod; at sa lahat ay nagbibigay Siya ng kalayaan ng kaloo- ban, upang makapagbigay sila sa Kanya ng kusang-loob na paglilingkod.

Samantalang ang lahat ng mga nilikha ay kinikilala ang mapagmahal na pagsunod, ay mayroong ganap na kaayusan sa buong sansinukob ng Dios. Kagalakan ng hukbo ng langit ang ganapin ang layunin ng kanilang Manlalalang. Ikinasisiya nila ang magningning sa Kanyang kaluwalhatian at maghayag ng Kanyang kapurihan. At samantalang ang pag-ibig ng Dios ang nangingibabaw sa lahat, ang pag-iibigan sa isa't-isa ay hayag at hindi makasarili. Walang notang sintunado ang sisira sa mga makalangit na himig. Subalit isang pagbabago ang sumapit sa masayang katayuang ito. Mayroong isa na nagsamantala sa kalayaang ibinigay ng Dios sa Kanyang nilikha. Ang kasalanan ay nagpasimula sa kanya na, sunod kay Kristo, ay naging pinakamarangal sa Dios at pinakamataas ang kapangyarihan at kaluwalhatian sa lahat ng mga naninirahan sa langit. Si Lucifer, ang "anak ng umaga," ay una sa mga kerubing tagatakip, banal at walang dungis. Siya ay tumatayo sa harapan ng dakilang Manlalalang, at ang patuloy na pagsinag ng kaluwalhatiang bumabalot sa walang hanggang Dios ay lumalapag sa kanya. "Ganito ang sabi ng Panginoong Dios; Iyong tinatatakan ang kabuuan, na puno ng karunungan, at sakdal sa kagandahan. Ikaw ay nasa Eden, na halamanan ng Dios; lahat na mahalagang bato ay iyong kasuutan.... Ikaw ang pinahirang kerubin na tumatakip; at itinatag kita: na ano pa't ikaw ay nasa ibabaw ng banal na bundok ng Dios; ikaw ay nagpapanhik-manaog sa gitna ng mga batong mahalaga. Ikaw ay sakdal sa iyong mga lakad mula sa araw na ikaw ay lalangin, hanggang sa ang kalikuan ay nasumpungan sa iyo." Ezekiel 28:12-15.

Unti-unti si Lucifer ay nabuyo sa pagnanasang itaas ang sarili. Ayon sa Kasulatan, "Ang iyong puso ay nagmataas dahil sa iyong kagandahan, iyong ipinahamak ang iyong karunungan dahil sa iyong kaningningan." Ezekiel 28:17. "At sinabi mo sa iyong sarili,... Aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Dios.... Ako'y magiging gaya ng Kataas-taasan." Isaias 14:13, 14. Bagaman ang lahat ng kanyang kaluwalhatian ay nagmumula sa Dios, ay it-

inuturing ng makapangyarihang anghel na ito na iyon ay sa kanya. Hindi pa nasiyahan sa kanyang katayuan bagaman pinakamataas sa hukbo ng langit, siya ay nangahas na angkinin ang pagkilala na [36]
nakalaan la- mang sa Manlalalang. Sa halip na sikaping maitanyag ang Dios sa mga pag-ibig at pagtatapat ng lahat na nilikha, sinikap niyang ang kanilang paglilingkod at pagtatapat ay maiukol sa kanya. Inangkin ang kaluwalhatiang iniukol ng walang-hanggang Ama sa Kanyang Anak, ang prinsipeng ito ng mga anghel ay nagnasa ng kapangyarihang nauukol lamang kay Kristo.

At ang sakdal na himig ng langit ay nasira. Ang pagkahilig ni Lucifer sa paglilingkod sa sarili sa halip na sa kanyang Manlalalang ay pumukaw sa pagkadama ng galit nang ito ay mapuna noong mga nakababatid na ang kaluwalhatian ng Dios ay marapat maging kataas- taasan sa lahat. Sa mga konsilyo ng mga anghel sa langit ang mga anghel ay naldusap kay Lucifer. Ipinahayag sa kanya ng Anak ng Dios ang kadakilaan, kabutihan, at ang katarungan ng Manlalalang, at ang banal at hindi nagbabagong likas ng Kanyang Kautusan. Ang Dios mismo ang nagtatag ng kaayusan sa langit, at sa paghiwalay doon, nilalapastangan ni Lucifer ang Lumikha sa kanya at naghahatid ng pagkapahamak sa kanyang sarili. Subalit ang babala, na ipinahayag ng may walang hanggang pag-ibig at kaawaan, ay pumukaw lamang ng espiritu ng paglaban. Pinairal ni Lucifer ang kanyang pagkainggit kay Kristo, at iyon ay lalo pang tumindi.

Ang paghamak sa kataasan ng Anak ng Dios, pagtanggi sa karunungan at pag-ibig ng Manlalalang, ang naging layunin ng prinsipeng ito ng mga anghel. Para sa layuning ito siya nagkahilig upang gamitin ang mga kakayanan ng ganoong kaisipan, na, bagaman sunod kay Kristo, ay kauna-unahan sa buong hukbo ng Dios. Subalit Siya na nagnanais na ang kalooban ng Kanyang mga nilikha ay maging malaya, ay hindi ipinahintulot na hindi maingatan ang bawat isa mula sa manlilinlang na sa pamamagitan ng isang rebelyon ay sisikaping pangatuwiranan ang sarili. Bago simulan ang dakilang paligsahan, ang lahat ay kinakailangang magkaroon ng maliwanag na pagpapahayag ng Kanyang kalooban, Siya na ang karunungan at kabutihan ay pinagmumulan ng kanilang kagalakan.

Ipinatawag ng Hari ang buong sansinukob, ang buong hukbo ng langit sa harapan Niya, upang sa kanilang harapan ay maipahayag

Niya ang tunay na katayuan ng Kanyang Anak at ang Kanyang relasyong pinananatili sa lahat ng nilalang. Ang Anak ng Dios ay
[37] kabahagi sa luklukan ng Ama, at sa kaluwalhatian ng walang-hanggan, at walang pinagmulan ay sumasaklaw sa dalawa. Sa paligid ng luklukan ay natipon ang mga banal na anghel, isang malaki at lubhang karamihan na hindi mabilang—"sampung libong tigsasampung libo, at libu-libo" (Apocalipsis 5:11), ang pinakamatataas sa mga anghel, bilang mga lingkod ng Dios, nagagalak sa liwanag na sumisikat sa kanila mula sa harapan ng Dios. Sa harap ng mga natipong naninira- han sa langit inihayag ng Hari na walang iba liban kay Kristo, ang bugtong na Anak ng Dios, ang ganap na makakapasok sa Kanyang mga layunin, at sa Kanya ipinagkaloob ang pagsasakatuparan ng makapangyarihang payo ng Kanyang kalooban. Isinagawa ng Anak ng Dios ang kalooban ng Ama sa paglalang sa buong hukbo ng langit; at sa Kanya, gano'n din sa Dios, nararapat ipagkaloob ang kanilang pagkilala at pagsunod. Si Kristo ay gagamit pa rin ng banal na kapangyarihan, sa paglalang sa sanlibutan at sa mga maninirahan doon. Subalit sa lahat ng mga ito ay hindi Niya hahanapin ang kapangyarihan o ang pagpaparangal sa sarili hiwalay sa panukala ng Dios, sa halip ay itatanyag ang kaluwalhatian ng Ama, at isasakatuparan ang Kanyang mga layunin ng pagpapala at pagmamahal.

Masayang kinikilala ng mga anghel ang kataasan ni Kristo, at yumuyuko sa harapan Niya, ay ibinuhos ang kanilang pagmamahal at pagsamba. Si Lucifer ay yumuyukong kasama nila, subalit sa kanyang puso ay may di pangkaraniwang, matinding labanan. Katotohanan, katarungan, at katapatan ay nakikipagpunyagi laban sa inggit at paninibugho. Sa ilang sandali ay tila nadala siya ng impluwensya ng mga banal na anghel. Samantalang ang mga awit ng pagpuri ay pinaiilanglang ng mga magkakatugmang himig, inihahayag ng may libu-libong tinig na masasaya, ang espiritu ng kasamaan ay tila napuksa; di mabigkas na pag-ibig ang nadama ng kanyang buong katawan; ang kanyang kaluluwa ay umawit din, kasama ng mga di- nagkasalang sumasamba, sa pag-ibig sa Ama at sa Anak. Subalit muli siyang napuspos ng pagmamalaki sa sarili niyang kaluwalhatian. Nanumbalik ang pagnanasa niya sa pagiging mataas sa lahat, at ang pagka-inggit kay Kristo ay muling hinarap. Ang matataas na pagpaparangal kay Lucifer ay hindi kinilalang

kaloob ng Dios, kaya't hindi naging sanhi ng pagpapasalamat sa kanyang Manlalalang. Siya ay lumuwalhati sa kanyang ningning at karangalan at nagmithing maging kapantay ng Dios. Siya ay minamahal at iginagalang ng hukbo ng langit, ikinagagalak ng mga anghel ang isakatuparan ang kanyang mga utos, at siya ay nararam- [38]
tan ng karunungan at kaluwalhatian ng higit sa kanilang lahat. Subalit ang Anak ng Dios ay na- katataas sa kanya, bilang kaisa sa kapangyarihan at kapamahalaan ng Ama. Siya ay kabilang sa konsilyo ng Ama, subalit si Lucifer ay hindi nakakapasok ng gano'n sa mga layunin ng Dios. "Bakit?" ang tanong ng makapangyarihang anghel na ito, "bakit kinakailangang si Kristo ay magkaroon ng ganoong kataasan? Bakit siya pinararangalan ng higit kay Lucifer?"

Sa pag-alis sa harapan ng Ama, si Lucifer ay humayo upang maghasik sa mga anghel ng espiritu ng pagiging hindi kuntento. Siya ay gumawa ng may misteryosong paglilihim, at sa pagdaan ng panahon ay itinago ang tunay niyang layunin sa ilalim ng paggalang sa Dios. Nagsimula siyang magmungkahi ng pag-aalinlangan sa mga utos na nakakasaklaw sa mga naninirahan sa langit, inihahayag na bagaman ang mga utos ay kailangan ng mga naninirahan sa mga daigdig, ang mga anghel, sapagkat mas matataas ang katayuan, ay hindi na nangangailangan ng gano'ng patakaran, sapagkat ang sarili nilang karunungan ay sapat na upang maging kanilang patnubay. Sila ay mga kinapal na hindi makapagbibigay, makagagawa ng paglapastangan sa Dios; ang lahat ng kanilang isipin ay banal; hindi na higit pang posible para sa kanila ang magkamali tulad ng Dios. Ang pagpapparangal sa Anak ng Dios bilang kapantay ng Ama ay inihayag na isang paglapastangan sa karapatan ni Lucifer, na, ayon sa kanya, ay karapat-dapat din sa ganoong paggalang at pagpaparangal. Kung ang prinsipeng ito ng mga anghel ay malalagay lamang sa kanyang karampatang, mataas na posisyon, malaking kabutihan ang mapapasa buong hukbo ng langit; sapagkat kanyang layunin ang magkaroon ng kalayaan ang bawat isa. Subalit ngayon ang kalayaan ng kanilang tinamasa ay nagtatapos na; sapagkat ang isang Tagapagutos ay itinalaga na para sa kanila, at sa kanyang awtoridad ang lahat ay kinakailangang kumilala. Gano'n na lamang katindi ang mga panlilinlang na sa pamamagitan ng katusuhan ni Lucifer ay mabilis na kumalat sa langit.

Walang naging pagbabago sa kalagayan o kapangyarihan ni Kristo. Ang inggit at maling pagpapalagay at ang pag-aangking pagkapantay ni Lucifer kay Kristo ang sanhi ng pangangailangang banggitin ang tungkol sa tunay na kalagayan ng Anak ng Dios; subalit ang kata- yuang ito ay naging gano'n sapul sa simula. Gano'n
[39] pa man, marami sa mga anghel ang nabulag ng mga pandaraya ni Lucifer.

Sa pagsamantala sa mapagmahal, at matapat na pagtitiwala sa kanya ng mga anghel na nasa ilalim ng kanyang kapamahalaan, mahusay niyang ikinintal sa kanilang isipan ang sarili niyang pagkawala ng tiwala at pagiging hindi kuntento na ang kanyang ahensya ay hindi kinilala. Inihayag ni Lucifer ang mga layunin ng Dios sa maling paraan—iniiba ito upang lumikha ng pagtalikod at di pagkasiya. Mahusay niyang inakit ang kanyang mga tagapakinig na magpahayag ng kanilang nadarama; pagdaka ay ginagamit niya ang mga pahayag na ito kung ito ay sang-ayon sa kanyang layunin, bilang patunay na ang mga anghel ay hindi tunay na sang-ayon sa pamamahala ng Dios. Samantalang nagpapanggap ng ganap na pagtatapat sa Dios, ipinipilit niyang kinakailangan ang pagbabago sa kaayusan at kautusan sa langit sa ikatatatag ng banal na pamahalaan. Sa gano'ng paraan samantalang kumikilos upang magkaroon ng hindi pagsang-ayon sa kautusan ng Dios at upang ibahagi ang sarili niyang kaisipan sa isip ng mga anghel na nasa ilalim niya, kunwari'y sinisikap niyang alisin ang kawalang kasiyahan at papanumbalikin ang mga anghel na hindi nasisiyahan sa kaayusan ng langit. Samantalang palihim na nagbubuo ng hidwaan at paghihimagsik, pinalalabas niya ng may kahusayan na ang tanging layunin niya ay maitanyag ang katapatan at mapangalagaan ang kaayusan at kapayapaan.

Ang espiritu ng pagka walang kasiyahan na nasindihan ng gano'n ay gumagawa ng kanyang gawain. Samantalang walang lantarang labanan, ang pagkakaiba ng damdamin ay matahimik na lumago sa kalagitnaan ng mga anghel. Mayroong ilan ang tumatango sa mga ibinabahagi ni Lucifer tungkol sa pamamahala ng Dios. Bagaman hanggang sa mga sandaling ito sila ay may ganap na katahimikan sa kaayusang itinatag ng Dios, sila ngayon ay hindi na nasisiyahan sapagkat hindi nila mapanghimasukan ang di-masuring mga payo ng Dios; hindi sila nasiyahan sa Kanyang layunin

sa pagtataas kay Kristo. Ang mga ito ay tumayong handa upang pangalawahan ang sapilitang paghingi ni Lucifer ng awtoridad na kapantay ng sa Anak ng Dios. Subalit ang mga anghel na tapat at tunay ay pinanatili ang karunungan at katuwiran ng banal na kautusan at sinikap na papanumbalikin ang mga anghel na hindi nasisiyahan sa kalooban ng Dios. Si Kristo ang Anak ng Dios; Siya ay kaisa Niya bago pa nagkaroon ng mga anghel. Sapol pa sa simula Siya ang kanang kamay ng Ama; Ang Kanyang kataasan, punong-puno [40] ng pagpapala sa lahat ng nagpapailalim sa Kanya, hanggang sa mga sandaling ito ay hindi pa nasusuri. Ang kaayusan sa langit kailanman ay hindi nasira; bakit ngayon ay mag- kakaroon ng kaguluhan? Ang mga tapat na anghel ay nakakakita lamang ng kakila-kilabot na ibubunga ang ganoong hidwaan, at ma- taimtim na pinakiusapan ang mga hindi nasiyahan upang talikuran ang kanilang layunin at patunayan ang pagiging tapat sa Dios sa pamamagitan ng pagiging tapat sa Kanyang pamamahala.

Sa dakilang kaawaan, ayon sa Kanyang banal na likas, ay tiniis ng Dios si Lucifer. Ang espiritu ng pagiging hindi kuntento at pagka wala ng pag-ibig kailanman ay hindi pa nakilala sa langit. Di-pangkaraniwan, mahiwaga, hindi maipaliwanag. Si Lucifer mismo sa pasimula ay hindi nalalaman ang tunay na likas na kanyang nararam- daman; may ilang panahon ding pinangambahan niyang isaysay ang mga napapasa-isipan niya; gano'n pa man ay hindi niya ito tinalikuran. Hindi niya nakita kung saan siya nahuhulog. Subalit ang pagsisikap na maisagawa lamang ng walang hanggang pag-ibig at katalinuhan, ay isinagawa upang siya ay kumbinsihin tungkol sa kanyang pagka- kamali. Ang pagka walang kasiyahan niya ay napatunayang walang kadahilanan, at naipakita sa kanya ang magiging bunga kung siya ay magpapatuloy sa paghihimagsik. Si Lucifer ay nakumbinsing siya ay nasa pagkakamali. Nakita niyang "ang Panginoon ay matuwid sa lahat Niyang daan, at mapagbiyaya sa lahat Niyang mga gawa" (Mga Awit 145:17); na ang mga banal na kautusan ay makatarungan, at kinakailangang ipagbigay-alam na iyon ay gano'n nga sa buong kala- ngitan. Kung ito lamang ay kanyang ginawa, ay nailigtas sana niya ang kanyang sarili at ang marami pang mga anghel. Noong panahong iyon ay hindi pa niya ganap na itinatakwil ang kanyang pagtatapat sa Dios. Bagaman iniwan na niya ang kanyang posisyon bilang anghel na tagatakip, kung

siya lamang ay sumang-ayon sa panunumbalik sa Dios, ipinagbibigay alam ang katarungan ng Manlalalang, at nasiyahang gampanan ang tungkuling itinalaga sa kanya sa dakilang panukala ng Dios, siya sana ay napapanumbalik sa kanyang tungkulin. Dumating ang panahon ng kahuli-hulihang pagpapasya; kinakailangang siya ay ganap na sumang-ayon sa banal na kapamahalaan o ilalagay niya ang kanyang sarili sa isang hayagang paghihimagsik. Muntik na niyang narating ang kapasyahan upang manumbalik, subalit pinigilan siya ng pagmamataas. Isang malaldng sakripisyo para sa isang
[41] pina- rangalan ng gano'n na lamang ang magpahayag na siya ay nagkamali, na ang mga naisip niya ay hindi totoo, at sumang-ayon sa awtoridad na pinatunayan niyang hindi makatarungan.

Isang maawaing Manlalang, sa awa kay Lucifer at sa kanyang mga tagasunod, ang nagsisikap upang sila ay mailayo sa bangin na halos kahulugan na nila. Subalit ang kanyang awa ay pinakahulugan ng iba. Tinukoy ni Lucifer ang pagiging matiisin ng Dios bilang patunay sa sarili niyang higit na kagalingan, isang pahiwatig na ang Hari ng buong sansinukob ay maaari pa ring sumang-ayon sa kanyang panu- kala. Kung ang mga anghel ay tatayong matatag sa panig niya. kanyang ipinahayag, maaari pa rin nilang makamtan ang kanilang ninanasa. Patuloy niyang ipinagtanggol ang sarili niyang panukala, at lubos na itinalaga ang kanyang sarili sa dakilang pakikipagtunggali sa kanyang Manlalalang. Sa gano'n si Lucifer, "ang tagapagdala ng liwanag," ang tagapagbahagi ng kaluwalhatian ng Dios, ang tagapaglingkod sa Kanyang luklukan, sa pamamagitan ng pagsalangsang ay naging Satanas, "ang kaaway" ng Dios at ng mga banal at ang mamumuksa noong mga itinalaga ng langit sa ilalim ng kanyang pagpatnubay at pag-iingat.

Tinanggihan ng may paghamak ang pakiusap ng mga tapat na anghel, tinuringan niya silang mga aliping nadaya. Ang higit na pagpaparangal kay Kristo ay inakusahan niyang isang paglapastangan sa kanya at sa iba pang mga anghel, at inihayag niyang hindi na siya magpapailalim sa ganitong pagyurak sa karapatan niya at ng iba pang mga anghel. Hindi na niya kailanman kikilalanin pa ang pamumuno ni Kristo. Ipinasiya na niyang angkinin ang parangal na sana ay sa kanya ipinagkaloob, at pangunahan ang lahat ng sa kanya ay magpapasakop magiging tagasunod niya; at pinangakuan niya ang lahat na aanib sa kanyang panig ng isang bago at higit na mahusay

na pamahalaan, na sa ilalim noon ang lahat ay magkakaroon ng kalayaan. Malaking bilang ng mga anghel ang nagpahayag ng kanilang pagtanggap sa kanya bilang kanilang pinuno. Nalangisan ng mga tinanggap nilang mga pangako mula sa kanya, umasa siyang ang lahat ng mga anghel ay papanig sa kanya, upang maging kapantay siya ng Dios, at sundin ng buong hukbo ng langit.

Nagpatuloy pa rin ang mga tapat na anghel sa pakikiusap sa kanya at sa kanyang mga tagasunod na magpailalim sa Dios; at inihayag sa kanila ang tiyak na mangyayari kung sila ay tumanggi: Siya na lu- mikha sa kanila ay magagawang alisin ang kanilang [42]
kapangyarihan at parusahan ang kanilang paghihimagsik. Walang sinumang anghel ang maaaring magtagumpay sa pagsalungat sa mga utos ng Dios, na kasing banal Niya. Binabalaan nila ang lahat upang isara ang kanilang mga tainga laban sa mga pangangatuwiran ni Lucifer, at pinilit siya at ang kanyang mga tagasunod na humarap sa Dios ng walang pagaatubili at magpahayag na sila'y nagkamali sa pag-aalinlangan sa Kanyang karunungan at kapangyarihan.

Marami ang handang makinig sa payong ito, upang pagsisihan ang kanilang pagkawalang-kasiyahan, at sikaping matanggap muli sa panig ng Ama at ng Kanyang Anak. Subalit si Lucifer ay may isa pang pandayang nakahanda. Ang makapangyarihang manghihimagsik ay nagsabi naman ngayon na ang lahat ng mga anghel na napasa panig niya ay malayo na ang nararating upang makabalik pa; na alam niya ang likas ng banal na kautusan, at alam na ang Dios ay hindi magpa- patawad. Sinabi niya na ang lahat ng susuko sa awtoridad ng langit ay aalisan ng kanilang karangalan, at ibababa ang posisyon. Para sa kanya, siya ay nagpasya na kailanman ay hindi na kikilalanin ang awtoridad ni Kristo. Ang natatangi lamang na landas na mayroon para maaari nilang tunguhan na natitira para sa kanya at sa kanyang mga tagasunod, ang sabi niya, ay ipaglaban ang kanilang paglaya, at makamtam ang kanilang karapatan na hindi malayang ipinagkakaloob sa kanila.

Tungkol kay Satanas, siya ngayon ay malayo na ang narating upang makapanumbalik pa. Subalit hindi gano'n ang mga nabulag ng mga pandaraya niya. Para sa kanila ang payo ng mga mabubuti at tapat na anghel ay nagbubukas ng isang pinto ng pag-asa; at kung kanila lamang pinakinggan ang babala, sila sana ay nakalaya mula sa patibong ni Satanas. Subalit ang pagmamataas, pag-ibig sa

kanilang lider, at ang pagnanasa ng kalayaang walang hangganan ay pinahintulutan nilang manaig, at ang mga palausap ng banal na pag-ibig at kaawaan ay ganap nang naitakwil.

Subalit pinahintulutan ng Dios si Satanas upang ipagpatuloy ang kanyang ginagawa hanggang sa ang espiritu ng pagkawalang-kasiyahan ay mahinog upang maging aktibong panghihimagsik. Kinakailangang ang kanyang mga panukala ay mahinog, upang ang kanilang tunay na likas ay makita ng lahat. Si Lucifer, bilang isang pinahirang kerubin, lubos na pinarangalan; siya ay mahal na ma-
[43] hal ng mga nasa langit, at ang kanyang impluwensya sa kanila ay malakas. Kabilang sa pamamahala ng Dios hindi lamang ang mga naninirahan sa langit, kundi pati ang mga nasa lahat ng daigdig na kanyang nilikha; at inisip ni Lucifer na kung mapapasama niya ang lahat ng mga anghel ng langit sa kanya sa panghihimagsik, maaari niyang mapasama ang lahat ng mga daigdig. Mahusay na niyang naihayag ang kanyang panig, gumagamit ng mga panlinglang at kasinungalingan upang magkaroon ng mga tagasunod. Ang kanyang kapangyarihan upang manlinlang ay gayon na lamang. Sa pamamagitan ng pagbibihis ng kasinungalingan, ay nagkaroon siya ng kalamangan. Ang kanyang mga ikinikilos ay lahat nababalot sa kahiwagaan ano pa't mahirap ihayag sa mga anghel ang tunay na likas ng kanyang ginagawa. Hanggang sa iyon ay nahihinog, hindi maipakikita kung kagaano kasama iyon; ang pagka walang kasiyahan niya ay hindi maldkitang isang panghihimagsik. Maging ang mga tapat na anghel ay hindi maunawaan ng husto ang ganap niyang likas o kung saan talaga tutungo ang kanyang ginagawa.

Sa pasimula ay isinagawa ni Lucifer ang kanyang panunukso sa paraang siya mismo ay hindi natatalaga doon. Ang mga anghel na hindi niya ganap na mapasama sa kanyang panig, inaakusahan niya ng pagwawalang bahala sa kapakanan ng mga naninirahan sa langit. Yaong mismong gawain niya ay itinagubilin niya sa mga tapat sa anghel. Isang patakaran niya ang manglito sa pamamagitan ng mahuhusay na pangangatuwiran tungkol sa mga layunin ng Dios. Lahat ng mga simpleng bagay ay binabalot niya ng kahiwagaan, at sa pamamagitan ng mahuhusay na pangungusap siya ay naghahasik ng pag- aalinlangan sa pinakamasimpleng pangungusap ni Jehova. At ang kanyang mataas na posisyon, na gano'n na lamang kalapit

sa pakikipag- ugnayan sa banal na pamahalaan, ay nagbigay ng karagdagang puwersa sa kanyang mga pahayag.

Ang tanging magagamit lamang ng Dios ay ang mga paraang kasang-ayon ng katotohanan at katuwiran. Nagagamit ni Satanas ang hindi maaaring gamitin ng Dios—panglalangis at panlilinlang. Nagawa niyang pasinungalingan ang salita ng Dios, ihayag na hindi tama ang Kanyang panukala sa pamamahala, sinasabing ang Dios ay hindi makatarungan sa paglalagay ng mga batas para sa mga anghel, ginawa lamang Niya iyon upang maitaas ang Kanyang sarili. Kaya kinakailangang mahayag sa lahat ng mga naninirahan sa langit at sa lahat ng mga daigdig, na ang pamamahala ng Dios ay makatarungan, ang Kanyang kautusan ay sakdal. Pinalabas ni Satanas na ang [44]
kanyang pagsisikap ay upang itanyag ang kabutihan para sa buong sansinukob. Ang tunay na likas ng manghihimagsik at ang tunay niyang layunin ay kinakailangang maunawaan ng lahat. Kinakailangang magkaroon siya ng panahon upang lubos na mahayag ang kanyang sarili sa pamamagitan ng kanyang mga ginagawa.

Ang kaguluhang ibinunga ng kanyang isinasagawa sa langit, kanyang ibinintang sa pamamahala ng Dios. Ang lahat ng kasamaan ayon sa kanya ay bunga ng banal na pamahalaan. Sinabi niyang ang kanyang layunin ay ang pagandahin ang mga utos ni Jehova. Kaya pinahintulutan siya ng Dios upang maipahayag ang likas ng kanyang inangkin, upang maipakita kung papaano gagawa ang mga iminungkahi niyang mga pagbabago sa banal na kautusan. Kinakailangang ikundena siya ng sarili niyang isinasagawa, Kinakailangang makita ng buong sansinukob na walang maskara ang manlilinlang.

Maging noong siya ay itapon sa labas ng langit, Ang Walang-hanggang Karunungan ay hindi pinuksa si Satanas. Sapagkat ang paglilingkod lamang ng may pag-ibig ang katanggap-tanggap sa Panginoon, ang pagsunod ng Kanyang mga nilikha ay kinakailangang magmula sa isang pagkilala sa Kanyang pagiging makatarungan at mapagbiyaya. Ang mga naninirahan sa langit at sa mga daigdig, sapagkat hindi pa handa upang maunawaan ang likas at bunga ng kasalanan, ay hindi sana nakita ang pagkamakatarungan ng Dios kung si Satanas ay kaagad pinuksa. Kung siya ay kaagad-agad pinatay, ang ilan ay maaaring maglilingkod lamang sa Dios bunga ng takot sa halip na pag-ibig. Ang impluwensya ng manlilinlang ay hindi ganap na napuksa, ni ang espiritu ng panghihimagsik ay

ganap na naalis. Para sa ikabubuti ng buong sansinukob sa lahat ng mga panahon, kinakailangang mapahinog niya ang kanyang mga prinsipyo, upang ang kanyang mga bintang tungkol sa pamahalaan ng langit ay makita sa tunay na liwanag ng lahat ng nilikha, at ang pagiging makatarungan at maawain ng Dios at ang katibayan ng Kanyang Kautusan ay mala- gay sa kailanman ay hindi na pag-aalinlanganan.

Ang panghihimagsik ni Satanas ay magiging isang aral para sa buong sansinukob sa lahat ng mga panahong darating—isang tuloytuloy na patotoo sa likas ng kasalanan at sa ibinubunga nito. Ang pagpapatupad sa pamumuno ni Satanas, ang epekto noon sa tao at sa mga anghel, ay magpapahayag kung ano ang ibinubunga
[45] ng pagsasaisang tabi sa banal na awtoridad. Iyon ay magpapatotoo na kaugnay ng pagkakaroon ng pamamahala ng Dios ay ang mabuting kapakanan ng lahat ng Kanyang nilikha. Sa ganoong paraan ang kasaysayang ito ng kakila-kilabot na eksperimento sa panghihimagsik ay magiging patuloy na panggabay sa lahat ng mga banal, upang iiwas sila mula sa panlilinlang tungkol sa likas ng kasalanan, upang iiwas sila mula sa paggawa ng kasalanan, at sa pagdurusa sa kabayaran noon.

Siya na nagpupuno sa mga langit ay nakikita ang katapusan mula sa pasimula—sa kanya na ang hiwaga ng nakalipas at hinaharap ay kapwa nakalatag, at siya na, sa kabila ng kalungkutan, at kasiraang inihatid ng kasalanan, nakikita ang pagsasakatuparan ng sarili Niyang mga layunin ng pag-ibig at pagiging mapagpala. Bagaman “mga ulap at kadiliman ay nasa palibot Niya: katuwiran at kahatulan ay patibayan ng Kanyang luklukan.” Mga Awit 97:2. At ang mga naninirahan sa buong sansinukob, maging mga tapat man o hindi, balang araw ay mauunawaan ito. “Ang Kanyang gawa ay sakdal: sapagkat lahat Niyang daan ay kahatulan: isang Dios na tapat at walang kasamaan, matuwid at banal Siya.” Deuteronomio
[46] 32:4.

# Kabanata 2—Ang Paglalang

Ang kabanatang ito ay batay sa Genesis 1 and 2.

"Sa pamamagitan ng salita ng Panginoon ay nayari ang mga langit; at lahat ng natatanaw roon ay sa pamamagitan ng hininga ng Kanyang bibig." "Sapagkat Siya'y nagsalita at nangyari;" "Siya'y nag-utos, at tumayong matatag." Mga Awit 33:6, 9. Siya ang "naglagay ng mga patibayan ng lupa, upang huwag makilos magpakailanman." Mga Awit 104:5.

Nang ang sanlibutan ay manggaling sa kamay ng kanyang Manlalalang, yaon ay lubhang napakaganda. Ang ibabaw noon ay pinapaganda ng mga bundok, mga burol, kapatagan, pinaghihiwa- hiwalay ng mga marangal na mga ilog, kaibig-ibig na mga lawa; subalit ang mga burol at mga bundok ay hindi matatarik at malulubak, na puno ng mga bangin at nakakatakot na dawag tulad ngayon; ang matatalas, malubak na gilid ay nakapailalim sa matatabang lupa, na kahit saan ay tinutubuan ng magagandang halaman. Walang nakapangdidiring mga latian o mga kalbong disyerto. Magagandang mga halaman at mga bulaklak ang bumabati sa mga mata saan mang dako. Ang mga tugatog ay nakokoronahan ng matatayog na mga puno na wala na ngayon. Ang hangin, walang kasamang masamang amoy, ay maliwanag at nakapagpapalusog. Ang buong kalaparan ay maganda kaysa anumang pinagandang bakuran ng pinakamarangyang palasyo. Tinitingnan ng mga anghel ang tanawin ng may pagkasiya, at magalak sa kahanga-hangang mga gawa ng Dios.

Matapos lalangin ang lupa kabilang ang mga halaman at mga hayop, ang tao, ang kahulihan sa mga ginawa ng Maylalang, na para sa kanya ang lupa ay ginayakan, at inilagay sa pagkilos. Sa kanya ay ibinigay ang kapamahalaan sa lahat ng makita ng kanyang mga mata; sapagkat "Sinabi ng Dios, Lalangin natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis: at magkaroon sila ng kapangyarihan... sa buong lupa.... At nilalang ng Dios ang tao ayon sa Kanyang sariling larawan,... nilalang Niya sila na lalaki at babae." Malinaw

na ipinapahayag dito ang pinagmulan ng tao; gano'n na lamang kalinaw ang pagkakasaad sa banal na aklat ano pa't walang lugar para sa maling haka. Nilalang ng Dios ang tao ayon sa Kanyang sariling wangis. Dito ay walang hiwaga. Walang batayan ang kaisipang ang tao ay lumago ng unti-unti mula sa pagiging hayop o halaman. Ang gano'ng aral ay nagpapababa sa gawain ng Manlalalang sa naaabot ng makitid, at makalupang pananaw ng tao. Ang tao ay may pagkahilig sa di-pagkilala sa pagiging kataas-taasan ng Dios sa buong sansinukob, na minamaliit nila ang tao at naipagkakait sa kanya ang karangalan ng kanyang pinagmulan. Siya na naglagay ng mga bituin sa langit at nagkulay ng may kahusayan sa mga bulaklak na nasa parang, na Siyang pumuno sa lupa at sa langit ng mga kagandahan ng Kanyang kapangyarihan, noong Siya ay naparito upang gawin ang pangwakas Niyang gawain, upang maglagay ng isa na tatayo upang maging tagapamahala ng magandang lupa, hindi Siya nagkulang sa paglikha ng isang karapat-dapat sa ganoong kamay na nagbigay sa kanya ng buhay. Ang pinagmulan ng ating lahi, ayon sa Banal na Kasulatan, ay buhay pa, hindi sa isang linya ng nabuong mikrobyo, yamang dagat, at mga hayop na may apat na paa, kundi sa dakilang Manlalalang. Bagaman hinugis mula sa alabok, si Adan ay "anak ng Dios."

[47]

Siya ay inilagay bilang kinatawan ng Dios, sa itaas ng mga mababababang uri ng nilikha. Hindi nila nauunawaan o nakikilala man ang pagiging kataas-taasan ng Dios, subalit sila ay ginawang may kakayanan upang mahalin at paglingkuran ang tao. Ayon sa mang- aawit, "Iyong pinapagtataglay siya ng kapangyarihan sa mga gawa ng Iyong mga kamay; Iyong inilagay ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng kanyang mga paa:... ang mga hayop sa parang; ang mga ibon sa himpapawid,... at anomang nagdaraan sa mga kalaliman ng mga dagat." Mga Awit 8:6-8.

Taglay ng tao ang larawan ng Dios, kapwa sa panlabas na anyo at sa likas. Si Kristo lamang ang tanging "tunay na larawan ng kanyang pagka-Dios" (Hebreo 1:3) ng Ama; subalit ang tao ay nilikha ayon sa larawan ng Dios. Ang kanyang likas ay kasang-ayon ng kalooban ng Dios. Ang kanyang pag-iisip ay may kakayanan upang umunawa ng mga banal na bagay. Ang kanyang mga pangdama ay dalisay; ang panglasa at kagustuhan ay nasa ilalim ng pagpigil ng katuwiran.

Siya ay tapat at masaya sa pagtataglay ng larawan ng Dios at ganap na pagsunod sa Kanyang kalooban.

Kung paanong ang tao ay nagmula sa mga kamay ng kanyang [48]
Manlalalang, siya ay may matingkad na tindig at sakdal na anyo. Ang kanyang hitsura ay nagtataglay ng bintog ng kalusugan at ningning ng liwanag ng buhay at kagalakan. Ang taas ni Adan ay higit sa taas ng mga lalaking naninirahan ngayon sa lupa. Si Eva ay mababa ng kaunti, subalit ang kanyang hugis ay marangal at puno ng kagandahan. Ang mag-asawang hindi pa nagkakasala ay hindi nagsusuot ng artipisyal na kasuutan; sila ay nararamtan ng tumatakip na liwanag at kaluwalhatian, tulad sa kasuotan ng mga anghel. Samantalang sila'y nabubuhay sa pagsunod sa Dios, ang damit na ito ng liwanag ay patuloy na bumalot sa kanila.

Matapos lalangin si Adan, ang lahat ng mga nilikha ay dinala sa harap niya upang iyon ay pangalanan; nakita niyang ang bawat isa ay mayroong kapareha, subalit sa kanila ay "walang nasumpungang maging katulong niya." Sa lahat ng mga nilalang ng Dios sa ibabaw ng lupa, wala ni isang kapantay ang tao. At sinabi ng Dios, "Hindi mabuti na ang lalaki ay mag-isa; siya'y ilalalang Ko ng isang katulong niya." Ang tao ay hindi nilikha upang manahang nag-iisa; siya ay nilalang upang maldhalubilo. Sa kawalaan ng kasama ang kasiya-siyang gawain sa Eden at magagandang tanawin ay maaaring mabigo sa pagkakaloob ng ganap na kasiyahan. Maging ang pakikiugnay sa mga anghel ay maaaring hindi makasapat sa kanyang pagnanasa ng pakikiramay at pakikisama. Walang ganoong kauri na mamahalin at magmamahal.

Ang Dios ang nagbigay kay Adan ng makakasama. Nagkaloob Siya "ng isang katulong niya"—isang katulong na katugma niya—isang nababagay upang maging kasama niya, at isa na maaaring makaisa niya sa pag-ibig at pakikiramay. Si Eva ay kinuha mula sa tagiliran ni Adan, nangangahulugang hindi siya ang ulo upang manguna sa lalaki, at hindi rin naman bahagi ng paa upang tapak-tapakan bilang nakakababa sa kanya, subalit upang tumayo sa kanyang piling bilang kapantay, upang mahalin at ingatan niya. Isang bahagi ng lalaki, buto ng kanyang mga buto, at laman ng kanyang mga laman, ang babae ay ikalawa niyang sarili, ipinakikita ang malapit na ugnayan at ang nagmamahalang kaugnayan na kinakailangang mamagitan sa kanila. "Sapagkat walang sinuman na napoot kailan-

man sa kanyang sariling katawan; kundi kinakandili at minamahal." Efeso 5:29. "Kaya't iiwan ng lalaki ang kanyang ama at kanyang ina,
[49] at maldkipisan sa kanyang asawa: at sila'y magiging isang laman."

Ipinagdiwang ng Dios ang kauna-unahang kasal. Kaya't ang Manlalalang ng sansinukob ang pinagmulan ng institusyong iyon. "Marangal ang pag-aasawa" (Hebreo 13:4); isa ito sa mga unang kaloob ng Dios sa tao, at isa ito sa dalawang institusyon na, matapos ang Pagkahulog, ay dinala ni Adan sa labas ng Paraiso. Kapag ang mga alituntunin ay kinilala at sinunod sa ugnayang ito, ang pag-aasawa ay isang pagpapala; iniingatan nito ang kadalisayan at kaligayahan ng lahi, pumupuno ito sa pangangailangang sosyal ng tao, itinataas nito ang pangangatawan, kaisipan, at moralidad.

"At naglagay ang Panginoong Dios ng isang halamanan sa Eden, sa dakong silanganan; at inilagay Niya roon ang taong Kanyang nilalang." Ang lahat ng ginawa ng Panginoon ay kasakdalan ng kagandahan, at wala nang hahanapin pa upang makadagdag sa kaligayahan ng dalawang banal na mag-asawa; subalit ang Panginoon ay nagbigay ng isa pang pagpapahayag ng Kanyang pag-ibig, sa pamamagitan ng paghahanda ng isang halamanan upang maging kanilang tahanan. Sa halamanang ito ay may lahat ng uri ng punong-kahoy, marami sa kanila ay may nakasabit na mababango at masasarap na bunga. May magagandang baging, tuwid ang pagtubo, subalit naghahayag ng kahali-halinang anyo, may mga sangang iniyuyuko ng dalang bunga na pinakamayayaman at iba't-ibang kulay. Gawain ni Adan at ni Eva ang hutukin ang mga baging upang iyon ay maging mga arko, inaayos ang kanilang tirahang yari sa mga buhay na punong-kahoy na puno ng mga dahon at bunga. May mababangong mga bulaklak na may iba't-ibang kulay at napakarami. Sa gitna ng halamanan ay naroon ang puno ng buhay, na higit na maganda sa lahat ng mga puno. Ang mga bunga noon ay waring mga ginto at pilak na mansanas, at may kapangyarihan upang magpanatili ng buhay.

Ang paglalang ay tapos na. "At nayari ang langit at ang lupa at ang lahat ng natatanaw sa mga iyon." "At nakita ng Dios ang lahat ng Kanyang nilikha, at, narito, napakabuti." Ang Eden ay yumabong sa lupa. Si Adan at si Eva ay malayang nakalalapit sa puno ng buhay. Walang anomang bahid ng kasalanan o anino ng kamatayan ang sumisira sa mga nilikha. "Nang magsiawit na magkakasama

ang mga bituing pang-umaga, at ang lahat ng mga anak ng Dios ay naghihiyawan sa kagalakan." Job 38:7.

Ang dakilang si Jehova ang naglatag ng mga patibayan ng lupa; dinamtan Niya ang buong lupa ng kasuutan ng kagandahan at pinu- [50]
no ito ng mga bagay na kapaki-pakinabang sa mga tao; Siya ang gumawa ng lahat ng mga kahanga-hanga sa lupa at sa dagat. Sa loob ng anim na araw ang paglalang ay natapos. At ang Dios ay "nagpahinga ng ikapitong araw sa madlang gawa Niyang ginawa." Tumingin ang Dios ng may kasiyahan sa mga gawa ng Kanyang kamay. Ang lahat ay sakdal, karapat-dapat sa banal na Maygawa niyaon, at nagpahinga Siya, hindi tulad sa isang napapagod, kundi lubos na nasisiyahan sa ibinunga ng Kanyang karunungan at kabutihan at sa mga pagpapahayag ng Kanyang kaluwalhatian.

Matapos magpahinga ng ika-pitong araw, iyon ay Kanyang ipinangilin, o ibinukod, bilang araw ng kapahingahan para sa tao. Sa pagsunod sa halimbawa ng Manlalalang, ang tao ay kinakailangang magpahinga sa banal na araw na ito, upang samantalang siya ay tumitingin sa langit at sa lupa, siya ay makapagmuni-muni tungkol sa dakilang gawa ng Dios sa paglalang; at kung paanong kinakailangan niyang mamasdan ang karunungan at kabutihan ng Dios, at ang kanyang puso ay mapupuno naman ng pag-ibig at paggalang sa kanyang Manlalalang.

Sa Eden, ang alaala ng Kanyang gawa sa paglalang ay itinatag ng Dios, sa paglalagay ng Kanyang pagpapala sa ikapitong araw. Ang araw ng kapahingahan ay irinagubilin kay Adan, ang ama at kinatawan ng buong sangkatauhan. Ang pangingilin noon ay isang pagpapahayag ng nagpapasalamat na pagkilala, sa bahagi ng lahat ng mananahang nasa lupa na ang Dios ang kanilang Manlalalang at ang kanilang marapat na Hari; na sila'y gawa ng Kanyang mga kamay at mga tao sa ilalim ng Kanyang kapamahalaan. Kung kaya't ang institusyong iyon ay isang alaala, at ibinigay sa buong sangkatauhan. Walang anumang limistasyon na iyon ay para lamang sa isang grupo ng mga tao.

Nakita ng Dios na ang Araw ng Kapahingahan ay kailangan ng tao, maging sa Paraiso. Kinakailangan niyang isatabi ang sarili niyang kapakanan sa loob ng isang araw isang linggo, upang higit pa niyang mapagmuni-muni ang mga gawa ng Dios at makapagbulaybulay sa Kanyang kapangyarihan at kabutihan. Kailangan niya

ang Sabbath upang higit pang maalaala ang Dios at mapukaw ang pagpapasalamat sa lahat ng mga biyaya at tinatangkilik mula sa mapagpalang kamay ng Manlalalang.

[51] Ginawa ng Dios ang Sabbath upang akayin ang isip ng tao sa pagmumuni-muni sa mga gawa Niyang nilikha. Ang kalikasan ay nagsasalita sa kanilang mga pakiramdam, naghahayag na mayroong isang buhay na Dios, ang Manlalalang, ang Kataas-taasang Pinuno ng lahat. "Ang kalangitan ay nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Dios; at ipinakikilala ng kalawakan ang gawa ng Kanyang kamay. Sa araw-araw ay nagbabadya ng pananalita, at sa gabi-gabi ay nagpapakilala ng kaalaman." Mga Awit 19:1, 2. Ang kagandahang bumabalot sa sanlibutan ay alaala ng pag-ibig ng Dios. Maaari nating mamasdan iyon sa mga walang hanggang mga burol, sa mga matataas na mga punong-kahoy, sa mga namumukadkad at masisilang mga bulaklak. Ang lahat ay nagsasalita sa atin tungkol sa Dios. Ang Sabbath, sa patuloy na pagtukoy sa Kanya na gumawa ng lahat, ay nag-aanyaya sa mga tao upang buksan ang dakilang aklat ng kalikasan at doon ay aninagin at salatin ang karunungan, kapangyarihan, at pag-ibig ng Manlalalang.

Ang una nating mga magulang, bagaman nilikhang walang kasalanan at banal, hindi inilagay sa isang lugar na malayo sa paggawa ng kamalian, sila ay nilikha ng Dios na malayang makapamimili, may kakayanan upang mapahalagahan ang karunungan at mapagpalang likas at katarungan ng Kanyang mga patakaran, at may ganap na kalayaan upang sumang-ayon o tumanggi sa pagsunod. Sila'y masisiyahan sa pakikiugnay sa Dios at sa mga anghel; subalit bago sila tunay na maging gano'n, kinakailangang masubok ang kanilang pagtatapat. Sa pinakapasimula ng pagkakaroon ng tao ay may inilagay na pagpigil sa pagnanasa para sa kalayawan, ang nakamamatay na pagnanasa sa saligan ng pagkakahulog ni Satanas. Ang puno ng kaalaman, na nasa tabi ng puno ng buhay sa kalagitnaan ng halamanan, ay magsisilbing pagsubok sa pagsunod, pananampalataya, at pag-ibig ng una nating mga magulang. Bagaman pinapayagang kumain mula sa lahat ng ibang mga puno, sila ay binawalang tumikim mula dito, dahil sa pait ng kamatayan. Sila ay malalantad rin sa tukso ni Satanas; subalit kung sila ay magtatagumpay sa pagsubok, sila ay malalagay sa katayuang hindi na maaabot ng kanyang kapangyarihan, upang patuloy nang magalak sa katuwaan ng Dios.

Inilagay ng Dios ang tao sa ilalim ng kautusan, bilang natatang-
ing batayan ng kanyang pananatili. Siya ay kabilang sa banal na
pamahalaan, at walang anumang pamahalaan na walang kautusan.
Maaaring lalangin ng Dios ang tao na walang kapangyarihan upang [52]
lumabag sa utos; maaaring pinigilan Niya ang kamay ni Adan mula
sa pagkuha sa ipinagbabawal na bunga; subalit sa gano'ng kalagayan
ang tao'y, walang kalayaan sa pagpili, sa halip ay isang robot. Sa
kawalan ng kalayaan upang pumili, ang kanyang pagsunod ay hindi
magiging kusang-loob, kundi pinilit. Wala na sanang paglago ng
likas. Ang ganoong paraan ay hindi sang-ayon sa panukala ng Dios
sa pakilatungo sa mga naninirahan sa ibang daigdig. Hindi na sana
naging karapat-dapat ang tao upang maging matalino, at maaaring
manatili ang bintang ni Satanas tungkol sa pamumuno ng Dios.

Ginawa ng Dios ang tao na matuwid; binigyan Niya siya ng marangal na ugali, walang pagkahilig sa kasamaan. Binigyan Niya siya ng mataas na kapangyarihan ng kaisipan, at ibinigay sa harap niya ang pinakamalakas na pang-akit upang maging tapat sa pagsunod sa Kanya. Ang pagsunod, sakdal at nagpapatuloy, ang tanging paraan ng walang hanggang kaligayahan. Sa paraang ito ay nagkakaroon siya ng kalayaang magtungo sa puno ng buhay.

Ang tahanan ng una nating mga magulang ang huwaran para sa mga tahanan ng kanilang mga anak samantalang sila ay humahayo upang kalatan ang buong lupa. Ang tahanang iyon, na pinaganda ng kamay ng Dios, ay hindi isang malaking palasyo. Ang tao, sa kanilang pagmamataas, ay nasisiyahan sa matatayog at mamahaling mga gusali at naluluwalhati sa gawa ng sarili nilang kamay; subalit si Adan ay inilagay ng Dios sa isang halamanan. Ito ang kanyang tirahan. Ang mga asul na langit ang bubong; ang lupa, puno ng magagandang mga bulaklak, at mga buhay na luntiang alpombra, ang sahig, at ang mga madahong sanga ng mga punong-kahoy ang mga kulandong. Ang mga dingding niyaon ay nasasabitan ng pinakamagandang mga palamuti—ang gawa ng Dakilang Pintor. Sa kapaligiran ng banal na mag-asawa ay may isang aral para sa lahat ng panahon—na ang tunay na kaligayahan ay nasusumpungan, hindi sa pagmamataas at karangyaan, kundi sa pakikipag-ugnay sa Dios sa pamamagitan ng Kanyang mga nilikha. Kung ang tao ay magbibigay man lamang ng kaunting pansin sa mga bagay na artipisyal, at papagyamanin ang kasimplihan, sila ay higit na malalapit sa pagtugon

sa layunin ng Dios sa pagkakalalang sa kanila. Ang pagmamataas at ambisyon ay hindi nasisiyahan. Subalit ang tunay na matalino ay makakasumpong ng sapat na kasiyahan sa mga kaloob ng Dios para
[53] sa kaligayahan na maaabot ng lahat.

Sa mga naninirahan sa Eden ay itinagubilin ang pag-aalaga sa halamanan, "upang kanyang alagaan at ingatan." Ang kanilang hanap-buhay ay hindi nakakapagod, sa halip ay kasiya-siya at nakapagpapasigla. Itinalaga ng Dios ang hanap-buhay upang maging pag- papala sa tao, upang pagkaabalahan ng kanyang isip, upang magpala- kas sa kanyang katawan, at upang palaguin ang kanyang mga kakayanan. Sa paggamit sa kaisipan at sa pangangatawan ay nasumpu- ngan ni Adan ang isa sa pinakamatayog na kasiyahan sa kanyang banal na kalagayan. At noon, bunga ng kanyang pagsuway, siya ay pinalabas mula sa kanyang magandang tahanan, at napilitang makipagpunyagi sa isang lupang sinumpa para sa kanyang araw-araw na pagkain, yaong hanap-buhay na iyon, bagaman malaki ang kaibahan sa kasiya-siya niyang gawain sa halamanan, ay isang pangsanggalang laban sa tukso at isang pinagmumulan ng kaligayahan. Yaong mga tumitingin sa gawain bilang isang sumpa, bagaman iyon ay isinasagawang may pagpapagal at sakit ng katawan, ay may maling kaisipan. Ang mayaman ay malimit na tumitingin sa mga manggagawang mababa ang tingin, subalit ito ay ganap na taliwas sa layunin ng Dios ng likhain ang tao. Anong sinabi ng kayamanan ng pinakamayayaman kung ihahambing sa kayamanang ipinamana kay Adan? Gano'n pa man si Adan ay di dapat mawalan ng ginagawa. Ang ating Manlalalang, na nakauunawa sa pangangailangan ng tao upang maging masaya, ay nagbigay ng gawain kay Adan. Ang tunay na kaligayahan ay nasusumpungan lamang ng mga gumagawang mga lalaki at babae. Ang mga anghel ay masisipag na mga manggagawa; sila ang mga lingkod ng Dios sa mga anak ng tao. Ang Manlalalang ay hindi naglagay ng lugar para sa ugali ng katamaran.

Samantalang sila ay nanatiling tapat sa Panginoon, si Adan at ang kanyang kasama ay mamumuno sa sanlibutan. Walang limitasyong pamumuno ang ibinigay sa kanila sa lahat ng mga bagay. Ang leon at tupa ay mapayapang magkasamang naglalaro sa paligid nila o magkasamang nahihiga sa kanilang paanan. Ang masasayang mga ibon ay nagliliparan sa tapat nila ng walang pangamba; at samantalang ang kanilang magagandang himig ay pumapailanglang sa pagpuri sa

kanilang Manlalalang, si Adan at si Eva ay sumasama sa kanila sa pagpapasalamat sa Ama at sa Anak.

Ang banal na mag-asawa ay hindi lamang nasa ilalim ng pangangalaga ng isang Ama subalit mga mag-aaral na tumatanggap [54]
ng turo mula sa Manlalalang na puspos ng lahat ng kayamanan. Sila'y dinadalaw ng mga anghel, at binigyan ng pagkakataon upang makipag-ugnayan sa kanilang Manlalalang, na walang nakakagulong kasamaan sa pagitan nila. Sila ay puspos ng kasiglahan mula sa puno ng buhay, at ang kakayanan ng kanilang pag-iisip ay kulang lamang ng kaunti sa kaisipan ng mga anghel. Ang hiwaga ng nakikitang sansinukob—"ang kagila-gilalas na mga gawa Niya na sakdal sa kaalaman" (Job 37:16)—nagkaloob ng di nauubusang bukal ng patnubay at kasiyahan. Ang mga utos at pagkilos ng kalikasan, na naging aralin ng mga tao sa loob ng anim na libong taon, ay nagbukas sa kanilang isipan ng walang hanggang Tagagawa at Tagapag-ingat ng lahat. Nagkaroon sila ng pag-uusap tungkol sa dahon, bulaklak, at puno, mula sa bawat isa noon ng mga lihim ng buhay. Sa lahat ng nabubu- hay na nilalang, mula sa mga dambuhalang buwaya na naglalaro sa mga tubig hanggang sa pinakamaliit sa mga insekto na makildtang lumulutang sa sinag ng araw, ay pawang alam ni Adan. Kanya iyong nabigyan ng pangalan, at alam niya ang likas at ugali ng lahat. Ang kaluwalhatian ng Dios sa mga langit, ang di mabilang na mga daigdig sa maayos nilang pag-ikot, "ang pagtitimbang ng mga ulap," ang mga hiwaga ng liwanag at ng tunog, ng araw at ng gabi—ang lahat ay nakabukas sa pag-aaral ng una nating mga magulang. Sa bawat dahon sa kagubatan o bato sa kabundukan, sa bawat nagniningning na bituin, sa lupa at hangin at himpapawid, ang pangalan ng Dios ay nakasulat. Ang kaayusan at pagkakatugma ng nilalang ay nagsasalita sa kanila tungkol sa walang hanggang karunungan at kapangyarihan. Patuloy silang tumutuklas ng kaakit-akit na nagpupuno sa kanilang puso ng higit na malalim na pag-ibig at tumatawag sa sariwang pagpapahayag ng pagpapasalamat.

Hangga't sila ay nagtatapat sa banal na kautusan, ang kanilang kakayanan upang makaalam, masiyahan, at umibig ay patuloy na lalago. Patuloy silang magkakamit ng bagong hiyas ng kaalaman, makatutuklas ng sariwang bukal ng kaligayahan, at magkakamit ng malinaw na pananaw sa di masukat, at di nagkukulang at nagbabagong pag-ibig ng Dios. [55]

# Kabanata 3—Ang Tukso at ang Pagkahulog

Ang kabanatang ito ay batay sa Genesis 3.

Hindi na malaya upang mag-alsa ng himagsikan sa langit, ang galit ni Satanas laban sa Dios ay nakasumpong ng isang bagong bukiran sa pagpapanukala sa pagpapabagsak sa lahi ng sangkatauhan. Sa kagalakan at kapayapaan ng banal na mag-asawa sa Eden ay nakita niya ang katiwasayang wala na sa kanya magpakailan pa man. Nakilos ang inggit, ipinasya niyang himukin silang sumuway, at dalhin sa kanila ang paggawa at parusa ng kasalanan. Kanyang papalitan ang kanilang pag-ibig ng pagkawalang tiwala, at ang kanilang mga awit ng pagpuring paghamak sa kanilang Manlalalang. Sa ganoong paraan hindi lamang niya mailalagay ang mga nilalang na walang kasalanan sa kalagayang tulad ng sa kanya, malalapastangan pa ang Dios, at makalilikha pa ng kalungkutan sa langit.

Ang una nating mga magulang ay hindi pinabayaang walang baba- la tungkol sa panganib na kinakaharap nila. Inihayag sa kanila ng mga anghel ang kasaysayan ng pagkahulog ni Satanas at ang kanyang panukala upang sila ay pabagsakin, inihayag ng lubos ang lakas ng banal na pamahalaan, na sinisikap ng prinsipe ng kadiliman na ibagsak. Sa pamamagitan ng pagsuway sa mga matuwid na utos ng Dios, si Satanas at ang kanyang hukbo ay nahulog. Gano'n na lamang kahalaga, noon, para kay Eva at kay Adan ang pangangailangan upang igalang ang kautusan na sa pamamagitan noon lamang naiingatan ang kaayusan at katarungan.

Ang kautusan ng Dios ay kasing banal ng Dios. Iyon ay pagpapahayag ng Kanyang kalooban, isang pagkakasulat ng Kanyang likas, ang pagpapahayag ng banal na pag-ibig at karunungan. Ang magandang kaayusan ng mga nilalang ay nakasalalay sa pagkakatugma ng lahat ng bagay, may buhay o wala, sa kautusan ng Manlalalang. Ang Dios ay nagtatag ng mga utos para sa pamamahala, hindi lamang ng mga nabubuhay na nilalang, kundi pati ng lahat ng paggalaw sa lahat ng mga bagay sa kalikasan. Ang lahat ay nasa ilalim ng

nakatakdang kautusan, na hindi maaaring sirain. Ngunit bagaman [56] ang lahat ng mga bagay ay nasa ilalim ng batas ng kalikasan, ang tao lamang, sa lahat ng naninirahan sa lupa, ang nasa ilalim ng kautusang moral. Sa tao, na siyang huli sa lahat ng nilalang ng Dios ipinagkaloob ang kapangyarihan upang maunawaan ang Kanyang mga hinihiling, maunawaan ang katuwiran at pagiging mapagpala ng Kanyang kautusan, at ang banal na pananakop nito sa kanya; at sa tao kinakailangan ang hindi humahapay sa pagsunod.

Tulad ng mga anghel, ang mga naninirahan sa Eden ay inilagay sa isang panahong pagsubok; ang masaya nilang kalagayan ay mapapa- natili lamang kung sila ay magiging tapat sa kautusan ng Dios. Sila ay maaaring sumunod at mabuhay o sumuway at mamatay. Sila ay ginawa ng Dios na mga tumatanggap ng maraming pagpapala; subalit kung kanilang hindi pahahalagahan ang Kanyang kalooban, Siya na nakapagpalayas sa mga anghel na nagkasala, ay makapagpapalayas din sa kanila; ang pagsuway ang magkakait sa kanila ng mga pagpapala Niya at nakapaghahatid sa kanila ng kalungkutan at pag- kawasak.

Sila ay binabalaan ng mga anghel upang maging maingat laban sa mga pakana ni Satanas, sapagkat ang kanyang pagsisikap upang sila ay makuha ay walang pagkapagod. Samantalang sila'y sumusunod sa Dios ay hindi sila maaano ng masama; sapagkat, kung kakailanganin, ang lahat ng mga anghel sa langit ay ipadadala upang sila ay tulungan. Kung matatag nilang tatanggihan ang kanyang panunukso, ay magiging kasing tatag sila ng mga anghel. Subalit minsang sila ay mapadaig sa tukso, ang kanilang likas ay manghihina ng gano'n na lamang na sa kanilang sarili ay hindi nila makakayanang wala na silang kakayanan at pagkahilig upang si Satanas ay tanggihan.

Ang puno ng kaalaman ay ginawang subukan ng kanilang pagsunod at pag-ibig sa Dios. Nakita ng Panginoon na marapat para sa kanila ang isa lamang pagbabawal sa paggamit ng lahat ng nasa halamanan; subalit kung sila ay susuway sa Kanyang kalooban tungkol sa bagay na ito, ay gagawa sila ng kasalanan. Si Satanas ay hindi makasusunod sa kanila saan man sila pumunta upang sila ay tuksuhin; siya ay maaari lamang makapanukso sa kanila sa ipinagbabawal na punong- kahoy. Kung sila ay mangangahas na alamin iyon, sila ay malalantad sa kanyang pakana. Sila ay pinakiusapang

ingatan ang babala na ibinigay sa kanila ng Dios at masiyahan sa
[57] anumang nakita ng Dios na mabuting ipahayag.

Upang maikubli ang kanyang paggawa, pinili ni Satanas maging kanyang medium ang ahas—isang pagkukubli na naaayon sa layunin ng kanyang panlilinlang. Ang ahas noon ay isa sa mga at pinakamagandang nilikha sa lupa. Iyon ay may pakpak, at samantalang lumilipad sa hangin ay nag-aanyong kagila-gilalas na liwanag, may kulay ng kaningningan ng pinakinang na ginto. Namamahinga sa mga sangang puno ng bunga ng ipinagbabawal na puno at pinapalamutian ang kanyang sarili ng masasarap na bunga noon, isang bagay iyon na panawag-pansin at pangbigay-lugod sa mata ng makakakita. Sa gano'ng paraan ang maninira ay napasa halamanan ng kapayapaan, nag-aabang ng kanyang masisila.

Si Eva ay binalaan ng mga anghel tungkol sa paghiwalay sa kanyang asawa sa kanilang pang-araw-araw na gawain sa halamanan; kung kasama siya ay maliit ang panganib kaysa kung siya ay nag-iisa. Subalit sa pagkaabala sa kanyang nakalulugod na gawain, siya ay napalayo mula sa kanyang piling. Sa pagkabatid na siya ay nag-iisa, siya ay nakadama ng pagkakaroon ng panganib, subalit hindi pinansin ang kanyang pagod, sa isip na siya ay may sapat na kaalaman at kakayanan upang makilala ang masama at iyon ay maiwasan. Wala sa isip ang babala ng mga anghel, pagdaka'y nasumpungan niya ang kanyang sarili na may halong pinaghalong pag-uusisa at paghanga sa ipinagbabawal na puno. Ang bunga ay napakaganda, at tinanong niya ang kanyang sarili kung bakit iyon ay ipinagkakait sa kanila ng Dios. Ngayon ang pagkakataon ng manunukso. Waring nakababatid sa takbo ng kanyang isipan, ay tinanong niya ang babae: "Tunay bang sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain sa alin mang bunga ng punong-kahoy sa halamanan?" Gano'n na lamang ang pagkagulat at pagkamangha ni Eva ng tila narinig niya ang alingawngaw ng kanyang iniisip. Subalit ang ahas ay nagpatuloy, sa isang mala-musikang tinig, na may pagpuri sa kanyang nakahihigit na kagandahan ng babae; at ang kanyang mga salita ay hindi nakakainis. Sa halip na siya ay umalis mula sa lugar na iyon ay nanatili ang babae ng may pagtataka na makapakinig ng isang ahas na nagsasalita. Kung siya ay kinausap ng isang nilikhang tulad ng mga anghel, maaaring siya ay natakot; subalit hindi niya

naisip na ang kaakit-akit na ahas ay medium ng maaaring maging nahulog na kaaway.

Sa patibong na katanungan ng kaaway ang babae ay sumagot: "Sa bunga ng mga punong-kahoy na nasa gitna ng halamanan ay sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong [58] hihipuin, baka kayo'y mamatay. At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay: sapagkat talastas ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Dios, na nakakakilala ng mabuti at masama."

Sa pamamagitan ng pagkain ng bunga ng puno, kanyang inihayag, sila ay makakaabot sa isang mataas na kalagayan at papasok sa malawak na bukid ng kaaalaman. Siya ay kumain ng bunga ng punong-kahoy na ipinagbabawal, at bunga noon siya ay nagkaroon ng kapangyarihan upang magsalita. At kanyang sinabi na hindi nais ng Dios na pina- kaiingatan ng Panginoong mailayo sila doon, sapagkat kung hindi, sila'y magiging katulad Niya. Ang mga dakilang kahanga-hangang katangian noon, nagbibigay ng kaalaman at kapangyarihan ang dahilan kung bakit binawalan Niya silang humipo o tumikim man lamang noon. Pinagdiinan pa ng manunukso na ang banal na babala ay hindi matutupad ng gano'n; iyon ay ginawa lamang upang sila ay takutin. Paano sila mamamatay? Hindi ba't kumain na sila mula sa puno ng buhay? Ang Dios ay gumagawa lamang ng paraan upang sila ay huwag makaabot sa mataas na paglago at makasumpong ng ibayo pang kaligayahan.

Gano'n ang gawain ni Satanas simula pa noong mga panahon ni Adan hanggang sa kasalukuyan, at naisagawa niya iyon ng may dakilang pagtatagumpay. Tinutukso niya ang tao upang huwag mag- tiwala sa pag-ibig ng Dios at mag-alinlangan sa Kanyang katalinuhan. Patuloy siyang nagsisikap upang magsindi ng isang espiritu ng walang galang na pag-uusisa, isang di-mapalagay, mapagtanong na pagnana- sang matuklasan ang mga lihim ng banal na karunungan at kapangyarihan. Sa kanilang pagsasaliksik sa mga bagay na inisip ng Dios na mabuting ikubli, marami ang walang pansin sa mga katotohanan na Kanyang ipinahahayag, at mahalaga para sa kaligtasan. Ang tao ay tinutukso ni Satanas na sumuway sa pamamagitan ng paniniwala sa kanila na sila ay pumapasok sa isang kahanga-hangang larangan ng kaalaman. Subalit ang lahat ng ito ay panlilinlang. Naakit ng kanilang kaisipan ng paglago, sila sa

katunayan ay, puspos ng kanilang kaisipan ng pagsulong, sila ay, sa pamamagitan ng pagyurak sa kahilingan ng Dios, ay tumatahak sa mga landas na patungo sa kawalan ng dangal at sa kamatayan.

Ipinakita ni Satanas sa banal na mag-asawa na sila ay makikina-
[59] bang sa pagsuway sa mga utos ng Dios. Hindi ba tayo nakakarinig ng gano'n ding kaisipan ngayon? Marami ang nagsasabing makikitid ang pag-iisip noong mga sumusunod sa mga utos ng Dios, samantalang inangkin nila na sila ay may malawak na kaisipan at nagagalak sa malaldng kalayaan. Ano ito kundi alingawngaw ng tinig mula sa Eden, "Sa araw na kayo'y kumain niyaon"—sumuway sa banal na utos—"kayo'y magiging parang diyus"? Si Satanas ay nagpatunay na siya ay nagkamit ng ibayong kabutihan sa pagkain ng ipinagbabawal na bunga, subalit hindi ipinabatid na sa pamamagitan ng pagsuway siya ay itinakwil mula sa langit. Bagaman nasumpungan niyang ang kasalanan ay nagdulot ng kawalang pang walang hanggan, ay inilili- him niya ang sarili niyang natamo upang makaakit pa ng iba sa gano'n ding kalagayan. Gano'n din ngayon ikinukubli ng tagasuway ang tunay niyang likas; maaaring nagpapanggap siyang banal; subalit ang kanyang mataas na kalagayan ang nagpapaging higit pang mapanganib siya bilang isang manlilinlang. Siya ay nasa panig ni Satanas, sumusuway sa mga utos ng Dios, at inaakay ang iba pang gano'n din ang gawin, tungo sa kanilang walang hanggang kapahamakan.

Tunay na sumampalataya si Eva sa mga salita ni Satanas, subalit ang kanyang pananampalataya ay hindi nakapagligtas sa kanya mula sa kabayaran ng kasalanan. Hindi niya sinampalatayanan ang mga salita ng Dios, at ito ang nag-akay sa kanya tungo sa kanyang pagkahulog. Sa paghuhukom ang mga tao ay hindi parurusahan sa dahilang sila ay nakinig sa kabulaanan, kundi sa dahilang kinaligtaan nila ang pagkakataon upang malaman ang katotohanan. Sa kabila ng panloloko ni Satanas, ang totoo ay laging mapaminsala at masama ang sumuway sa Dios. Kinakailangang ihilig natin ang ating mga puso sa pagtanggap ng katotohanan. Ang lahat ng mga aral na ipinasulat ng Dios sa Kasulatan ay upang tayo ay babalaan at turuan. Ang mga iyon ay ibinigay upang tayo ay iligtas mula sa panlilinlang. Ang hindi pagbibigay ng panahon para sa mga iyon ay naghahatdd sa atin ng kapahamakan. Anoman ang sumasalungat sa Salita ng Dios, makatitiyak tayo na iyon ay nagmumula kay Satanas.

Ang ahas ay pumitas ng bunga mula sa ipinagbabawal na puno at inilagay iyon sa mga kamay ng medyo nag-aatubiling si Eva. At pagkatapos ay pinaala-ala niya ang sarili niyang sinalita na binawalan sila ng Panginoong hipuin iyon, baka sila mamatay. Hindi rin siya maaano sa pagkain sa bunga. At sapagkat wala siyang [60] nakikitang masamang nangyayari mula sa kanyang ginawa, si Eva ay naging mas matapang. "At nang makita ng babae, na ang bunga ng punong- kahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang magpapantas sa tao, ay pumitas siya ng bunga niyaon at kinain." Iyon ay masarap sa panlasa, at samantalang siya ay kumakain, ay parang nakadama siya ng isang kapangyarihang nagbibigay buhay, at inisip na ang kanilang sarili ay pumapasok sa isang mas mataas na kalagayan. Walang ano pa mang takot siya ay pumitas at kumain. At ngayon, sapagkat siya ay nakalabag na, siya ay naging kasangkapan ni Satanas upang ipahamak ang kanyang asawa. Sa kalagayang kakaiba, na may di-pangkaraniwang kasiglahan, hinanap niya ang lalaki, at isinaysay ang lahat ng nangyari.

Isang pagpapahayag ng kalungkutan ang nahayag sa mukha ni Adan. Siya ay nagmukhang nabigla at nabahala. Siya ay sumagot sa mga pananalita ni Eva at sinabing 'yon ang kaaway na ibinabala sa kanila; at sa banal na kahatulan siya ay kinakailangang mamatay. Bilang tugon ay pinilit ang babae na siya ay kumain, samantalang inuulit ang mga pananalita ng ahas hindi sila totoong mamatay. Siya ay nangatuwirang ito ay maaaring totoo sapagkat wala naman siyang nadamang anomang di pagkalugod ng Dios, sa halip ay nakadama siya ng isang masarap at nakapagpapasiglang kapangyarihan, nagbibigay buhay sa bawat sangkap ay pinasisigla ng bagong buhay, tulad sa, ayon sa kanyang isipan, sa nagpapasigla sa mga anghel.

Naunawaan ni Adan na ang kanyang kasama ay sumuway sa utos ng Dios, winalang bahala ang kaisa-isang ipinagbabawal sa kanila bilang pagsubok sa kanilang pagtatapat at pag-ibig. Nagkaroon ng matinding labanan sa kanyang isipan. Ikinalungkot niyang si Eva ay pinahintulutan niyang lumayo sa kanyang piling. Subalit yaon ay naganap na; siya ay kinakailangang mawalay mula sa babae na ang pakikisama ay naging kagalakan niya. Paano niya matatanggap ang gano'n? Naging kasiyahan ni Adan ang makasama ang Dios at ang mga anghel. Namasdan niya ang kaluwalhatian ng Manlalalang.

Na- uunawaan niya ang matayog na mararating ng sangkatauhan kung sila lamang ay mananatiling tapat sa Dios. Gano'n pa man ang lahat ng mga pagpapalang ito ay hindi na niya napansin sa pangambang ang kaloob na yaon sa kanyang paningin ay higit na mahalaga sa lahat at baka mawala sa kanya. Pag-ibig, utang na loob,
[61] at pagtatapat sa Manlalalang—ang lahat ay nahigitan ng pag-ibig kay Eva. Siya ay bahagi ng kanyang sariling katawan, at hindi niya matanggap at isiping siya ay mawawalay sa kanya. Hindi niya naisip na ang Makapangyarihang Lumikha sa kanya mula sa mga alabok ng lupa, na isang buhay, magandang anyo, at sa pag-ibig ay nagbigay sa kanya ng kasama, ay maaaring magbigay ng kapalit ng babae. Ipinasya niyang makasama sa sasapitin ng babae. Kung ang babae ay mamamatay, mamamatay siyang kasama niya. Kung sa bagay, kanyang idinahilan, hindi kaya maaaring maging totoo rin ang sinabi ng matalinong ahas? Si Eva ay nasa harapan niyang, kasing ganda at sa hitsura'y kasing banal pa rin bago ang pagsuway na ito. Bumibigkas siya ng higit pang pag-ibig kaysa noong una. Walang anomang tan- da ng kamatayan ang mababakas sa kanya, at naglakas-loob siyang harapin ang anomang magiging bunga noon. Kinuha niya ang bunga at mabilis na kinain.

Matapos magkasala sa simula ay nakadama siya ng wari'y pumapasok siya sa isang mataas na uri ng kalagayan. Subalit di nagtagal ang kaisipang tungkol sa kanilang pagkakasala ay pumuno sa kanya ng pangamba. Ang hangin, na sa mga sandaling iyon ay naging banayad at hindi nagbabago ang temperatura, ay tila nagpapaginaw sa mag- asawang nagkasala. Ang pag-ibig at kapayapaan na nasa kanila ay nawala, at kapalit noon ay nakadama sila ng pagkamakasalanan, pagkatakot sa hinaharap, pagkahubad ng kaluluwa. Ang damit ng liwanag na dati'y nakabalot sa kanila, ngayon ay wala na, at kapalit noon ay humanap sila ng pangtakip sapagkat hindi nila magagawang, hubad, ay tumingin sa Dios at sa mga anghel.

Nagsimula na ngayong makita nila ang tunay na likas ng kanilang kasalanan. Sinisi ni Adan ang kanyang asawa dahilan sa kanyang pagkakamali sa pag-alis sa kanyang tabi at pagpapahintulot na siya ay malinlang ng ahas; subalit kapwa nila inaliw ang kanilang sarili, na Siya na nagbigay sa kanila ng maraming katunayan ng pagpapahayag ng Kanyang pag-ibig, ay magpapatawad sa pagsuway na

ito, o na sila ay hindi mapapailalim sa ilang malalang kaparusahan ng kanilang kinatatakutan.

Si Satanas ay nagalak sa kanilang pagtatagumpay. Naakay niya ang babae upang mag-alinlangan sa pag-ibig ng Dios, upang pag-alinlanganan ang karunungan, at suwayin ang Kanyang utos, at sa pamamagitan niya ay nagawa ang pagpapabagsak kay Adan. [62]

Subalit ang dakilang Tagapagbigay ng Batas ay malapit nang ihayag kay Adan at Eva ang mga bunga ng kanilang pagsalangsang. Ang banal na pakikiharap ay nahayag sa halamanan. Sa kanilang kalagayan nang hindi pa nagkakasala't banal, sinasalubong nila ang pagdating ng kanilang Manlalalang na may kagalakan; ngunit ngayon sila ay tumakbo sa takot, at nagsikap magtago sa likod ng mga gilid ng halamanan. Subalit "tinawag ng Panginoong Dios ang lalaki at sa kanya'y sinabi, Saan ka naroon? At sinabi niya, Narinig ko ang iyong tinig sa halamaman, at ako'y natakot, sapagkat ako'y hubad, at ako'y nagtatago. At sinabi Niya, Sinong nagsabi sa iyo na ikaw ay hubad? nakakain ka ba ng bunga ng punong kahoy, na iniutos Ko sa iyong huwag mong kanin?"

Hindi makatanggi si Adan o makapagdahilan sa kanyang kasalanan; subalit sa halip na magpahayag ng pagsisisi, ay ginawa niyang sisihin ang kanyang asawa, at sa ganoong paraan ay ang Dios rin: "Ang babaeng ibinigay Mong aking kasasamahin, ay siyang nagbigay sa akin ng bunga ng punong kahoy at aking kinain." Siya na, mula sa kanyang pag-ibig kay Eva, ay malayang pinili ang mawala ang kaluguran ng Panginoon, ang kanyang buhay sa Paraiso, at ang walang hanggang buhay ng kagalakan, ngayon, matapos ang kanyang pagkahulog, ay sinisisi ang kanyang kasama at maging sa kanyang Manlalalang, bilang nananagot sa ginawa niyang kasalanan. Gano'n na lamang kapangyarihan ng kasalanan.

Noong ang babae ay tanungin "Ano itong iyong ginawa?" Siya ay sumagot, "Dinaya ako ng ahas at ako'y kumain." "Bakit mo nilikha ang ahas? Bakit Mo ipinahintulot na siya'y makapasok sa Eden?"— ito ang mga tanong na iminumungkahi ng kanyang pagdadahilan para sa kanyang kasalanan. Kung kaya, tulad ni Adan, sinisisi niya ang Dios bilang dahilan sa kanilang pagkahulog. Ang espiritu ng pagpapawalang-sala sa sarili ay nagmula sa ama ng lahat ng kasinungalingan; ito ay kaagad ginawa ng ating unang mga magulang matapos na sila ay mapasa ilalim ng impluwensya

ni Satanas, at nahayag sa lahat ng mga anak ni Adan. Sa halip na may pagpapakumbabang maghayag ng kasalanan ay sinisikap nilang pawalang-sala ang sarili sa pamamagitan ng pagpapataw ng sisi sa iba, sa pangyayari, o sa Dios—nagagawang maging ang Kanyang pagpapala ay dahilan ng pagsasalita laban sa Kanya!

Kaya hinatulan ng Panginoon ang ahas: "Sapagkat ginawa mo
[63] ito, ay sumpain ka ng higit sa lahat ng hayop, at ng higit sa bawat ganid sa parang; ang iyong tiyan ang ilalakad mo, at alabok ang iyong kakanin sa lahat ng mga araw ng iyong buhay." Sapagkat iyon ay ginamit bilang kasangkapan ni Satanas, ang ahas ay kabahagi sa pagkakaroon ng banal na hatol. Mula sa pinakamaganda at hinahangaan sa lahat ng mga hayop sa parang, iyon ay magiging pinakakawawa at inaayawan nilang lahat, kinatatakutan at kinagagalitan ng tao at ng hayop. Ang mga sunod na salitang ipinataw sa ahas ay patungkol kay Satanas mismo, na tumutukoy sa kanyang kawakasan at pagkatalo: "At pag-aalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kanyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kanyang sakong."

Sinabi kay Eva ang kalungkutan at sakit na mula ngayon ay magiging kabahagi niya. At sinabi ng Panginoon, "Sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban, at siya'y papapanginoon sa iyo." Sa paglalang ang babae ay ginawa ng Dios na kapantay ni Adan. Kung sila lamang ay nanatiling masunurin sa Dios—katugma ng Kanyang dakilang kautusan ng pag-ibig—sila sana ay patuloy na naging magkatugma; subalit ang kasalanan ay naghatid ng di-pagkakasundo, at ngayon ang kanilang pagsasama at pagiging magkatugma ay mapananatili lamang sa pamamagitan ng pagpapailalim ng isa sa isa. Si Eva ang unang nagkasala; at nahulog siya sa kasalanan sa paghiwalay mula sa kanyang kasama, na labag sa banal na tagubilin. Sa pamamagitan ng kanyang pakiusap si Adan ay nagkasala, at ngayon siya ay ipinailalim sa kanyang asawa. Kung ang mga alituntunin lamang na kalakip sa kautusan ng Dios ay tinangkilik ng nagkasalang lahi, ang hatol na ito, bagaman bunga ng pagkakaroon ng kasalanan, ay naging pagpapala sana sa kanila; subalit ang pang- aabuso ng mga lalaki sa kanilang kapangyarihan na dito ay ipinagkaloob sa kanya ay malimit naging sanhi upang ang buhay ng babae ay maging mapait at nabibigatang lubha.

Si Eva ay masayang-masaya sa piling ng kanyang asawa sa kanilang tahanang Eden; subalit, tulad sa mga hindi masiyahang makabagong mga Eva, siya ay naakit ng pag-asang makapasok sa isang kalagayang hindi itinalaga ng Dios para sa kanya. Sa pagsisikap na umangat mula sa kanyang unang katayuan, siya ay nahulog ng higit pang mababa doon. Gano'n din ang nakakamit ng lahat na hindi sumasang- ayon na gampanan ang mga tungkulin sang-ayon sa panukala ng Dios. Sa pagsusumikap nilang makarating sa isang [64] katayuang hindi inilaan ng Dios para sa kanila, marami ang iniiwang may puwang ang mga lugar na kung saan sila sana ang makapaghahatid ng pagpapala. Sa kanilang pagnanasa sa mas mataas na katayuan, marami ang isinasakripisyo ang kanilang karangalan bilang babae, at naiiwang hindi nagagampanan ang sariling gawaing itinalaga sa kanila ng langit.

Kay Adan ay sinabi ng Panginoon: "Sapagkat iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy na Aking iniutos sa iyo na sinabi, Huwag kang kakain niyaon: sumpain ang lupa dahil sa iyo; kakain ka sa kanya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal sa lahat ng mga araw ng iyong buhay: ang isisibol niyaon sa iyo ay mga tinik at mga dawag; at kakain ka ng pananim sa parang; sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa; sapagkat diyan ka kinuha: sapagkat ikaw ay alabok at sa alabok ka uuwi."

Hindi kalooban ng Dios na ang dalawang mag-asawang walang kasalanan ay makaalam pa ng kasamaan. Malaya Niyang ipinagkaloob sa kanila ang mabuti, at ipinagkait ang kasamaan. Subalit labag sa Kanyang iniutos, sila ay kumain ng ipinagbabawal na bunga ng punong kahoy, at ngayon sila ay patuloy na kakain noon—nagkakaroon sila ng kaalaman ng masama—sa lahat ng mga araw ng kanilang buhay. Mula noon ang lahi ay binigyang-dalamhati ng mga panunukso ni Satanas. Sa lugar ng masayang gawaing itinalaga sa kanila, kalumbayan at hirap ang nakalaan. Sila ay magkakaroon ng pagkabigo, kalungkutan, at sakit, at kahulihan sa lahat kamatayan.

Sa ilalim ng sumpa ng kasalanan ang lahat ng kalikasan ay magpa- patotoo sa tao sa likas at bunga ng panghihimagsik laban sa Dios. Nang lalangin ng Dios ang tao ay ginawa Niya siyang tagapamahala sa buong lupa at sa lahat ng may buhay na nilikha. Samantalang si Adan ay nagtatapat sa Langit, ang lahat ng kalikasan

ay nasa ilalim ng kanyang kapangyarihan. Subalit nang siya ay tumalikod sa banal na kautusan, ang mga nakakababang nilikha ay tamalikod sa kanyang pamumuno. Sa ganoong paraan, ang Panginoon, sa kadakilaan ng Kanyang habag, ipapakita sa tao ang kabanalan ng Kanyang kautusan, ay akayin sila, sa pamamagitan ng sarili nilang karanasan, upang makita ang panganib sa pangsasaisangtabi ng mga iyon, maging sa pinakamaliit na paraan.

At ang buhay ng paggawa at kabalisahan na mula ngayon
[65] ay magiging kabahagi ng tao ay itinalaga sa pag-ibig. Yaon ay isang sanayang kinailangan dahil sa kasalanan, upang maglagay ng panang- galang sa panglasa at pagnanasa, upang magkaroon ng pagsasanay sa pagtitimpi. Bahagi iyon ng panukala ng Dios sa pagsasauli sa kanya mula sa kasiraan at pagkakababang hatid ng kasalanan.

Ang babala na ibinigay sa ating unang mga magulang—"Sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamatay ka" ay hindi nangangahulugang sila ay mamamatay sa araw na iyon na sila ay kumain ng ipinagbabawal na bunga. Subalit sa araw na iyon ang di na mababagong hatol ay ipapataw. Ang buhay na walang hanggan ay ipinangako sa kanila sa kondisyon ng pagsunod; sa pamamagitan ng pagsuway ay hindi sila magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Sa araw ding iyon sila ay natatalaga sa kamatayan.

Upang magkaroon ng pagka-walang hanggan, ang tao ay kinakailangang patuloy na kumain sa puno ng buhay. Kung wala ito, ang lakas ng buhay niya ay unti-unting hihina hanggang sa ang buhay ay mawala. Panukala ni Satanas na si Adan at Eva ay sumuway sa Panginoon upang ang Dios ay mawalan ng kaluguran sa kanila; at kung sila ay hindi makahihingi ng kapatawaran, inaasahan niyang sila ay kakain mula sa puno ng buhay, sa ganoong paraan ay mananatili ang pagkakaroon ng kasalanan at kahirapan. Subalit nang ang tao ay mahulog sa kasalanan, ang banal na anghel ay kaagad pinapagbantay sa puno ng buhay. Sa paligid ng mga anghel na ito ay nagniningning ang liwanag na may anyong makislap na espada. Walang sinoman sa mga anak ni Adan ang pinahintulutang makalampas sa harang na iyon upang kumain ng bungang nagbibigay buhay; kaya walang kahit isang makasalanang hindi namamatay.

Ang baha ng kasalanang dumaloy mula sa pagkakasala ng una nating mga magulang ay itinuturing ng marami na isang labis

na kabayaran para sa isang napakaliit na kasalanan, at kanilang pinawalang kabuluhan ang karunungan at katarungan ng Dios sa Kanyang pakikitungo sa tao. Ngunit kung titingnan ng lubos ang katanungang ito, ay makikita nila ang kanilang pagkakamali. Nilikha ng Dios ang tao ayon sa Kanyang larawan, walang kasalanan. Ang lupa ay mapupuno ng mga taong mababa lamang ng kaunti ang uri sa mga anghel; subalit ang kanilang pagiging masunurin ay kinakailangang masubok; sapagkat hindi ipahihintulot ng Panginoon na ang lupa ay mapuno ng mga susuway sa Kanyang kautusan. Gano'n pa man, sa Kanyang kaawaan, ay hindi siya naglagay ng [66] mahirap na pagsubok para kay Adan. Ang pagkamagaan ng pagsubok ang nagpabigat na lubha sa tindi ng kasalanan. Kung si Adan ay hindi makapasa sa napakasimpleng pagsubok, lalong hindi niya mapapanagumpayan ang matinding pagsubok kung siya ay pinagkatiwalaan ng higit na pananagutan.

Kung si Adan ay bibigyan ng matinding pagsubok, maaaring sabihin ng iba na ang puso ay nakahilig sa kasalanan, "Ito ay isang maliit na bagay, hindi ng Dios pinapansin ang maliliit na bagay." At magkakaroon ng patuloy na paglabag sa mga bagay na kinikilala ng maliit, at hindi sinasansala ng mga tao. Subalit ginawang malinaw ng Panginoon na ang kasalanan ano man ang sukat noon ay nakasasakit sa Kanya.

Para kay Eva, ay waring isang maliit na bagay lamang ang sumuway sa utos ng Dios sa pagtikim sa bunga ng ipinagbabawal na puno, at tuksuhin ang kanyang asawa upang sumuway din; subalit ang kanilang kasalanan ay nagbukas ng daan para dumaloy sa baha ng kalungkutan sa sanlibutan. Sino ang nakaaalam, sa isang sandali ng tukso, sa katakot-takot na ibubunga ng isang maling hakbang?

Marami sa mga nagtuturo na ang kautusan ng Dios ay hindi na sumasaklaw sa tao, ay ipinipilit na mahirap para sa kanya ang makasunod sa mga iniuutos noon. Subalit kung ito ay totoo, bakit nagdusa si Adan sa kaparusahan ng paglabag? Ang kasalanan ng una nating mga magulang ay naghatid ng kasalanan at kalungkutan sa sanlibutan, at kung hindi dahil sa kabutihan at kaawaan ng Dios, ay nahulog na ang lahi sa kawalan ng pag-asa. Huwag magpadaya ang sino man sa kanyang sarili. "Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan." Roma 6:23. Ang kautusan ng Dios ay hindi higit na

masusuway ngayon ng walang kaparusahan kaysa noong ang hatol ay ipinataw sa ama ng sangkatauhan.

Matapos silang magkasala si Adan at si Eva ay hindi na makatitira sa Eden. Nakiusap sila ng husto upang makapanatili sa kanilang tahanan ng kagalakan at pagkawalang-sala. Inamin nilang sila ay nawalan na ng karapatan sa lahat ng karapatan sa tahanang iyon na masaya, subalit sila'y nangangako na susunod at magiging lubos na sila sa pagsunod sa Dios. Subalit sila'y sinumbatan na ang kanilang likas ay lubha ng nasira ng kasamaan at nabuksan na ang daan para kay Satanas upang sila ay madaling makaugnay. Sa kani-
[67] lang kawalan ng kasalanan sila ay nagpadala sa tukso; ngayon sa kalagayang mulat sa kasalanan, ay higit ng kaunti ang kanilang kakayanan upang panindi- gan ang kanilang pangako.

Sa pagpapakumbaba at di mabigkas na kalungkutan sila ay nagpaalam sa kanilang magandang tahanan at humayo upang manirahan sa lupa, kinaroroonan ng sumpa. Ang hangin, dati'y banayad at hindi pabago-bago ang temperatura ay ngayon ay malaki na ang ipinagbago, at ang Panginoon ay may kaawaang nagbigay sa kanila ng pangsuot na yari sa mga balat bilang pananggalang sa matinding init o lamig.

Samantalang minamasdan nila sa mga nalantang bulaklak at nahuhulog na dahon ay mga unang tanda ng pagkabulok, si Adan at si Eva ay lubhang nagluksa ng higit sa pagdadalamhati ng mga tao ngayon sa kanilang mga patay. Ang pagkamatay ng mahina, at maselang mga bulaklak ay tunay na sanhi ng pagdalamhati; subalit nang ang mayabong na mga punong kahoy ay nagsimulang maghulog ng kanilang mga dahon, ay malinaw na inihahatid sa isipan ang malupit na kalagayan na ang kamatayan ay may bahagi na sa lahat ng bagay na may buhay.

Ang halamanan ng Eden ay nanatili sa lupa ng matagal pang panahon mula ng ang tao ay itakwil sa mga landas noon. Ang lahing nahulog sa kasalanan ay matagal na binigyan ng pahintulot upang matanaw ang tahanan ng pagka-walang kasalanan, ang pintuang pasukan ay binabantayan lamang ng mga anghel. Sa pintuang daan ng Paraiso na nababantayan ng mga kerubin ay nahahayag ang banal na kaluwalhatian. Si Adan at ang kanyang mga anak na lalaki ay nagtutungo roon upang sambahin ang Dios. Dito ay pinananariwa nila ang kanilang panatang pagsunod sa kautusan na bunga ng pagsalansang

nila noong sila ay pinaalis mula sa Eden. Noong ang kasamaan ay naging lubhang laganap sa sanlibutan, at ang kasamaan ng mga tao ay naghatid ng pagkagunaw sa pamamagitan ng baha, ang Eden ay inalis mula sa lupa sa pamamagitan ng kamay ng Lumikha. Subalit sa wakas na pagsasauli, kung magkaroon na ng "isang bagong langit at isang bagong lupa" (Apocalipsis 21:1), iyon ay ibabalik na higit na maluwalhating nagagayakan kaysa noong dati.

At sila na nagsipag-ingat sa mga utos ng Dios ay lalanghap ng walang hanggang kasiglahan sa ilalim ng puno ng buhay; at sa walang hanggan ay mamamasdan ng mga daigdig na hindi nagkasala,
sa halamanan ng kasiyahan, ang isang tularan ng sakdal na nilikha [68]
ng Dios—hiwalay sa pakikialam ng kasalanan—isang larawan ng buong sanlibutan—isang halimbawa ng kung ano ang maaaring maging anyo ng lupa, kung ang tao lamang ay sumunod sa maluwal-
hating panukala ng Dios. [69]

# Kabanata 4—Ang Panukala ng Pagtubos

Ang pagkahulog ng tao sa kasalanan ay pumuno sa buong langit ng kalungkutan. Ang daigdig na ginawa ng Dios ay nadungisan ng sumpa ng kasalanan at pinanirahan ng mga hinatulan ng kahirapan at kamatayan. Doon ay walang tatakbuhan ng mga lumabag sa kautusan. Ang mga anghel ay tumigil sa kanilang pag-awit ng papuri. Sa buong kalangitan ay nagkaroon ng pagdalamhati sa paninirang ginawa ng kasalanan.

Ang Anak ng Dios, ang maluwalhating pinuno ng kalangitan, ay nahabag sa nahulog na lahi. Ang Kanyang puso ay nakilos ng di masukat na habag samantalang ang kaguluhan sa nawaglit na sanlibutan ay dumami sa Kanyang harapan. Subalit ang banal na pag-ibig ay may nakalaang panukala na sa pamamagitan noon ang tao ay maaaring matubos. Hinihiling ng nasuway na kautusan ng Dios ang buhay ng nagkasala. Sa buong sansinukob ay may isa lamang, sa lugar ng tao, ay maaaring makatugon sa hinihiling noon. Sapagkat ang banal na kautusan ay kasing banal ng Dios, isang kasing banal lamang ng Dios ang maaaring makatubos sa pagkakalabag noon. Walang iba kundi si Kristo ang maaaring makatubos sa nahulog na tao mula sa sumpa ng kautusan at magdala sa kanya muli sa pakikipagkasundo sa Langit. Aangkinin ni Kristo ang kasamaan at kahihiyan ng kasalanan—kasalanang lubhang nakasasakit sa Dios na isang banal na kinakailangang papaghiwalayin nito ang Ama at ang Kanyang Anak. Aabutin ni Kristo ang kalaliman ng paghihirap upang iligtas ang nasirang lahi.

Siya ay nakikiusap sa harapan ng Ana para sa mga makasalanan, samantalang ang hukbo ng langit ay nagmamasid ng gano'n na lamang kung ano ang magiging resulta. Matagal na ipinagpatuloy ang mahiwagang mga pag-uusap—"ang payo ng kapayapaan" (Zacarias 6:13) para sa mga nahulog na mga anak ng tao. Ang panukala ng paglalang ay inihanda bago pa lalangin ang lupa; sapagkat si Kristo ang "Kordero na pinatay buhat ng itatag ang san-
[70] libutan" (Apocalipsis 13:8); gano'n pa man iyon ay isang pakikipag-

punyagi, maging para sa Hari ng sansinukob, ang ibigay ang Kanyang Anak upang mamatay para sa nagkasalang lahi. Subalit "gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." Juan 3:16. O, ang hiwaga ng pagtubos! ang pagmamahal ng Dios para sa isang sanlibutan na hindi nagmahal sa Kanya! Sino ang makasusukat ng lalim ng gano'ng pag-ibig na "nakahihigit sa kaalaman"? Sa walang hanggang mga panahon ang pag-iisip ng mga walang kamatayan, sa pagsisikap na maunawaan ang pag-ibig na iyon na hindi masayod, ay magtataka at hahanga.

Ang Dios ay kinakailangang makita kay Kristo, na "pinapagkasundo ang sanlibutan sa Kanya rin." 2 Corinto 5:19. Ang tao ay lubhang pinababa ng kasalanan anupa't naging imposible para sa kanya, sa sarili niya, ang makipagkasundo sa Kanya na ang likas ay kadalisayan at kabutihan. Subalit si Kristo, matapos na matubos ang tao mula sa hatol ng kautusan, ay makapagbibigay ng kapangyarihan upang maisama sa pagsisikap ng tao. Kung kaya sa pagsisisi sa Dios at pananampalataya kay Kristo ang nahulog na mga anak ni Adan minsan pang muli ay maaaring maging "mga anak ng Dios." 1 Juan 3:2.

Ang panukala na sa pamamagitan noon lamang ang tao ay maaaring magkaroon ng kaligtasan, ay kinasasangkutan ng buong langit sa walang hanggang sakripisyo nito. Hindi magawa ng mga anghel ang magsaya samantalang ang panukala ng pagtubos ay inihahayag ni Kristo sa kanila, sapagkat nakita nila na ang kaligtasan ng tao ay kasasangkutan ng di mabigkas na pagka-aba ng minamahal nilang Pinuno. Sa kalungkutan at paghanga ay nakinig sila sa Kanyang mga salita samantalang sinasabi Niya sa kanila kung paanong Siya ay bababa mula sa kadalisayan at kapayapaan ng langit, mula sa kagalakan at kaluwalhatian at walang hanggang buhay na naroroon, at ma- kihalubilo sa hamak na kalagayan ng lupa, upang tiisin ang naroroong kalungkutan, kahihiyan, at kamatayan. Siya ay kinakailangang tumayo sa pagitan ng nagkasala at ng kaparusahan; gano'n pa man kakaunti ang catanggap sa Kanya bilang Anak ng Dios. Iiwan Niya ang Kanyang mataas na kalagayan bilang Hari ng langit, mahayag sa lupa at mag- pakumbaba bilang tao, at sa pamamagitan ng

sarili Niyang karanasan ay madama Niya ang mga kinakailangang
[71] tiisin ng tao. Ang lahat ng ito ay kailangan upang matulungan Niya yaong mga tinutukso. Hebreo 2:18. Kung matapos na ang Kanyang gawain bilang guro, siya ay mapapasa kamay ng mga masamang tao at paiilalim sa lahat ng pang-iinsulto at pagpapahirap ni Satanas sa kanila. Mamamatay Siya sa pinakamalupit na pagkamatay, nakataas sa pagitan ng langit at ng lupa bilang isang makasalanan. Siya ay daranas ng maraming oras ng paghihirap na gano'n na lamang katindi anupa't ang mga anghel ay hindi makakatingin, kundi takpan ang kanilang mukha sa anyo noon. Kinakailangang tiisin Niya ang pagdalamhati ng kaluluwa, ang pagtatago ng mukha ng Kanyang Ama, samantalang ang kasamaan ng pagsalangsang—ang bigat ng kasalanan ng buong mundo—ay mapapasa Kanya.

Ang mga anghel ay nagpatirapa sa paanan ng kanilang Pinuno upang sila ang maging sakripisyo para sa tao. Subalit ang buhay ng anghel ay hindi sasapat upang ipambayad sa utang; Siya lamang na lumikha sa tao ang may kapangyarihan upang siya ay tubusin. Gano'n pa man ang mga anghel ay may bahagi ring gagainpanan sa panukala ng pagtubos. Si Kristo ay gagawing "mababa ng kaunti sa mga anghel dahil sa pagbata ng kamatayan." Hebreo 2:9. Sa Kanyang papapakatao, ang Kanyang lakas ay hindi magiging katulad ng kanilang lakas, at Siya ay paglilingkuran ng mga anghel upang Siya ay palakasin at aliwin sa Kanyang paghihirap. Sila rin ay magiging mga espiritung naglilingkod, sinugo upang paglingkuran sila na magiging tagapagmana ng kaligtasan. Hebreo 1:14. Iingatan nila ang mga nasasakupan ng biyaya mula sa kapangyarihan ng masasamang anghel at mula sa kadiliman na walang tigil na inihahagis ni Satanas sa paligid nila.

Kung makikita ng mga anghel ang pagpapahirap at panunuya sa kanilang Panginoon, sila ay mapupuno ng kalungkutan at galit at iisiping Siya ay iligtas mula sa mga pumapaslang sa Kanya; subalit sila ay hindi dapat mamagitan upang huwag mapigilan ang anumang dapat na makita nila. Bahagi ng panukala ng pagtubos ang si Kristo ay dumanas ng panunuya at pang-aabuso ng masasamang tao, at Siya ay sumang-ayon sa lahat ng ito noong Siya ay naging Manunubos ng tao.

Tiniyak ni Kristo sa mga anghel na sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan ay matutubos Niya ang marami, at mapupuksa siya na

may kapangyarihan ng kamatayan. Kanyang maisasauli ang kahariang naiwala ng tao sa pamamagitan ng pagsalangsang, at iyon [72]
ay mamanahin ng mga tinubos kasama Niya, at maninirahan doon magpakailan pa man. Ang kasalanan at ang mga makasalanan ay maaalis, kailanman ay hindi-na gagambala sa kapayapaan ng langit at ng lupa. Tinukoy Niyang ang lahat ng mga anghel sa langit na sumang-ayon sa panukalang tinanggap ng Kanyang Ama, at magsaya sapagkat, sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan, ang taong nahulog sa kasalanan ay maaaring mapanumbalik sa Dios.

Kagalakan, isang hindi mabigkas na kagalakan, ang pumuno sa langit. Ang kaluwalhatian at pagka-mapalad ng isang sanlibutang tinubos, higit pa sa paghihirap at sakripisyo ng Prinsipe ng buhay. Narinig sa kalangitan sa kauna-unahang pagkakataon ang himig na inawit sa Bethlehem—"Luwalhati sa Dios sa kataas-taasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan Niya" Lucas 2:14. May isang higit na kagalakan ngayon kaysa noong ang bagong nilalang ay nawala, "Nagsiawit na magkakasama ang mga bituin pang-umaga, at ang lahat ng mga anak ng Dios ay naghiyawan sa kagalakan." Job 38:7.

Para sa tao ang unang pahiwatig tungkol sa pagtubos ay inihahayag sa hatol na ipinataw kay Satanas sa halamanan. Sinabi ng Panginoon, "At pag-aalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kanyang binhi; ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kanyang sakong." Genesis 3:15. Ang hatol na ito, sa pandinig ng una nating mga magulang ay isang pangako. Samantalang ito ay naghahayag ng alitan sa pagitan ng tao at ni Satanas, inihahayag nito na ang kapangyarihan ng dakilang katunggali ay matatalo rin sa wakas. Si Adan at si Eva ay nakatayo sa harapan ng matuwid na hukom bilang mga kriminal, hinihintay ang hatol na ipapataw bunga ng kanilang pagsuway; subalit bago nila narinig ang tungkol sa mahirap na buhay at ang kalungkutan na magiging bahagi nila, o ang hatol na sila ay kinakailangang mauwi sa alabok, ay nakinig sila sa mga salitang tiyak na makapagbibigay sa kanila ng pag-asa. Bagaman sila ay kinakailangang maghirap sa ilalim ng kapangyarihan ng malakas nilang kalaban, sila ay maaaring tumingin sa hinaharap na pangwakas na pagtatagumpay.

Nang marinig ni Satanas na ang pag-aalit ay mamamagitan sa kanya at sa babae, at sa pagitan ng kanilang mga binhi, batid niya na

ang pagpapababa niya sa likas ng tao ay magkakaroon ng hangganan;
[73] na sa ilang paraan ang tao ay mabibigyan ng kapangyarihan upang tanggihan ang kanyang kapangyarihan. Gano'n pa man samantalang ang panukala ng pagtubos ay higit pang inihahayag, si Satanas ay nagalak kasama ng kanyang mga anghel, na sa pagkakahulog sa tao, ay maibababa niya ang Anak ng Dios mula sa mataas Niyang kalagayan. Inihayag niya na hanggang sa mga panahong iyon ang kanyang mga panukala ay nagtatagumpay sa lupa, at kapag si Kristo ay nagka- tawang tao, Siya rin ay maaaring madaig, sa ganoong paraan ang pagtubos sa tao ay maaaring mahadlangan.

Inihayag ng lubos ng mga anghel sa una nating mga magulang ang panukala para sa kanilang kaligtasan. Si Adan at ang kanyang asawa ay pinasiguruhan na sa kabila ng kanilang malaking kasalanan, sila ay hindi iiwan sa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas. Ang Anak ng Dios ay nag-alok na tutubos sa pamamagitan ng sarili Niyang buhay, para sa kanilang pagsalangsang. Isang panahon ng pagsubok ang ipagka- kaloob sa kanila, at sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya kay Kristo sila ay maaaring muling maging mga anak ng Dios.

Ang sakripisyong pambayad sa kanilang kasalanan ay nagpahayag kay Adan at Eva ng banal na likas ng kautusan ng Dios; at kanilang nakita, sa paraang hindi pa nila nakita noong una, ang kasamaan ng kasalanan at ang kakila-kilabot na bunga nito. Sa kanilang pagsisisi at pagdalamhati sila ay nakiusap na ang parusa ay huwag mapasa Kanya na ang pag-ibig ay pinagmulan ng kanilang kaligayahan; sa halip ay mapasa kanila ito at sa kanilang mga anak.

Sila ay pinagpaunahan na sapagkat ang kautusan ni Jehova ang patibayan ng Kanyang pamahalaan sa langit gano'n din sa lupa, maging ang buhay ng isang anghel ay hindi maaaring tanggapin bilang kabayaran para sa pagsalangsang. Wala ni isang bahagi noon ang maaaring walaing saysay o baguhin upang maabot ang nahulog ng kalagayan ng tao; ang Anak lamang ng Dios, na siyang lumalang sa kanya, ang maaaring tumubos. Kung paanong ang kasalanan ni Adan ay naghatid ng pagkasira at kamatayan, ang sakripisyo ni Kristo ay maghahatid ng buhay at pagkawala ng kamatayan.

Hindi lamang ang tao kundi pati ang sanlibutan sa pamamagitan ng kasalanan ay napailalim sa masama, at kinakailangang maisauli sa pamamagitan ng pagtubos. Noong siya ay lalangin si Adan ay

binigyan ng kapamahalaan sa buong lupa. Subalit sa pamamagitan ng pagsang- ayon sa tukso, siya ay napasa ilalim ni Satanas. “Ang nadaig ninoman ay naging alipin din narnan niyaon.” 2 Pedro 2:19. Noong ang tao ay nabihag ni Satanas, ang kanyang pinamamaha- [74]
laan ay napasa ilalim ng nakagapi sa kanya. Kaya si Satanas ang naging “diyus ng sanlibutang ito.” 2 Corinto 4:4. Kanyang naagaw ang pamamahala sa buong lupa na sa simula ay ibinigay kay Adan. Subalit si Kristo, sa pamamagitan ng Kanyang sakripisyong pambayad sa kaparusahan ng kasalanan, ay hindi lamang tutubos sa tao, Kanyang isasauli pati ang pamamahalang naiwala ng tao. Ang lahat ng naiwala ng unang Adan ay isasauli ng ikalawa. Sabi ng propeta, “Oh moog ng kawan, na burol ng anak na babae ng Sion, ito sa iyo’y darating, oo, ang dating kapangyarihan ay darating.” Mikas 4:8. At si apostol Pablo ay bumanggit tungkol sa hinaharap na “ikatutubos ng sariling pag-aari.” Efeso 1:14. Nilikha ng Dios ang lupa upang maging tahanan ng banal at masasayang nilalang. Ang Panginoon ang “nag-anyo sa lupa at gumawa niyaon, na Kanyang itinatag, at hindi Niya nilikha na sira, na Kanyang inanyuan upang tahanan.” Isaias 45:18. Ang layuning iyon ay matutupad, kapag, nabago sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios, at napalaya mula sa kasalanan at kalungkutan, iyon ay maging tirahan pang walang hanggan ng mga tinubos. “Mamanahin ng matuwid ang lupain, at tatahan doon magpakailanman.” “At hindi na magkakaroon pa ng sumpa: at ang luklukan ng Dios at ng Cordero ay naroron: at Siya’y paglilingkuran ng Kanyang mga alipin.” Awit 37:29; Apocalipsis 22:3.

Si Adan, sa kanyang kawalan ng kasalanan, ay nasiyahang mukhaan sa pakildpag-ugnay sa Lumalang sa kanya; subalit ang kasalanan ang naghiwalay sa Dios at sa tao, at ang pagtubos lamang ni Kristo ang maaaring bumagtas sa di matarok na kalaliman at gawin ang ugnayan tungkol sa biyaya, o kaligtasan mula sa langit tungo sa lupa. Ang tao ay hiwalay pa rin sa isang mukhaang pakikipag-ugnay sa lumalang sa kanya, subalit ang Dios ay maldkipag-ugnay sa kanya sa pamamagitan ni Kristo at ng mga anghel.

Sa gano’ng paraan ay nahayag kay Adan ang mahahalagang yugto ng kasaysayan ng sangkatauhan, mula sa panahong bigkasin ang hatol sa Eden, hanggang sa Baha, at patuloy hanggang sa unang pagdating ng Anak ng Dios. Ipinakita sa kanya na samantalang ang

sakripisyo ni Kristo ay makasasapat ang halaga upang iligtas ang buong sanlibutan, marami ang pipili sa buhay na makasalanan kaysa pagsisisi at pagsunod. Ang krimen ay lalago sa mga sumusunod na lahi, at ang sumpa ng kasalanan ay higit pang lalala sa lahi ng [75] tao, sa mga hayop, at sa lupa. Ang mga araw ng tao ay mapaiikli ng sarili niyang paggawa ng kasalanan; manghihina ang kanyang pangangatawan at katatagan at ang moralidad at kapangyarihan ng pag-iisip, hanggang sa ang sanlibutan ay mapuno ng lahat ng uri ng kahirapan. Sa pamamagitan ng pagpapalayaw sa panlasa at pagnanasa ang tao ay mawawalan ng kakayanan upang maunawaan ang dakilang katotohanan tungkol sa panukala ng pagtubos. Gano'n pa man si Kristo, sa pagtatapat sa layunin ng Kanyang pag-alis sa langit, ay ipagpapatuloy ang Kanyang gawain para sa tao, at patuloy pa rin silang aanyayahan upang ikubli ang kanilang kahinaan at mga pagkukulang sa Kanya. Tutustusan Niya ang mga pangangailangan ng lahat na lalapit sa Kanya sa pana- nampalataya. At palaging magkakaroon ng ilan na mag-iingat ng karunungan ng Dios at mananatiling matatag sa kabila ng luma- laganap na kasamaan.

Ang mga haing handog ay iniutos ng Dios upang maging nagpapatuloy na paalala sa tao at isang nagsisising pagkilala sa kanyang kasalanan at pagpapahayag ng kanyang pananampalataya sa ipinanga- kong Tagapagligtas. Ang layunin noon ay upang ikintal sa nagkasalang lahi na ang kasalanan ang sanhi ng kamatayan. Para kay Adan, ang pag-aalay ng unang hain ay isang napakasakit na seremonya. Ang kanyang kamay ay kinakailangang itaas upang kumitil ng buhay, na ang Dios lamang ang tanging nakapagkakaloob. Iyon ang kauna- unahan niyang pagsaksi sa kamatayan, at alam niya na kung siya lamang ay naging masunurin sa Dios, ay hindi magkakaroon ng kamatayan ang tao ni ang hayop man. Samantalang pinapaslang niya ang walang salang biktima, siya ay nanginig sa kaisipan na ang kanyang kasalanan ay magpapadanak sa dugo ng walang dungis na Kordero ng Dios. Ang karanasang ito ay magbibigay sa kanya ng isang malalim at malinaw na pagkadama sa kadakilaan ng kanyang pagsalangsang, na walang iba kundi ang pagkamatay ng pinakamamahal na Anak ng Dios ang maaaring makapawi. Siya ay namangha sa di-masukat na kabutihan na magkaloob ng gano'ng pantubos upang iligtas ang nagkasala. Isang bituin ng pag-asa ang

nagliwanag sa madilim at kakila- kilabot na hinaharap at ipinalit sa lubhang kasiraan noon.

Subalit ang panukala ng pagtubos ay mayroon pang higit na malawak at malalim na layunin kaysa kaligtasan ngtao. Hindi lamang para doon naparito si Kristo sa lupa; hindi lamang upang ang mga naninirahan sa maliit na sanlibutang ito ay kumilala sa kautusan ng Dios kung paanong 'yon ay dapat kilalanin; kundi upang [76]
ipawalang sala ang Dios sa harap ng sansinukob. Sa ibubungang ito ng Kanyang dakilang hain—ang impluwensya nito sa kaisipang iba pang mga daigdig, gano'n din ng tao—ang Tagapagligtas ay tumingin sa hinaharap noong bago Siya ipako sa krus nang Kanyang sabihin: "Ngayon ang paghatol sa sanlibutang ito: ngayon ang prinsipe ng sanlibutang ito ay palalayasin. At Ako, kung Ako'y mataas na mula sa lupa, ang lahat ng mga tao ay palalapitin Ko sa Akin din." Juan 12:31, 32. Ang ginawa ni Kristo sa pagkamatay para sa kaligtasan ng tao ay hindi lamang upang ang langit ay maging bukas para sa tao, kundi upang sa buong sansinukob ay pawawalang sala nito ang Dios at ang Kanyang Anak sa kanilang pakikitungo sa panghihimagsik ni Satanas. Itatatag nito ang pagkawalang hanggan ng kautusan ng Dios at ihahayag ang likas at mga bunga ng kasalanan.

Sapul sa simula ang malaking tunggalian ay naging tungkol na sa kautusan ng Dios. Sinisikap ni Satanas na patunayan na ang Dios ay hindi matuwid, at ang Kanyang kautusan ay mali, at sa ikabubuti ng sansinukob iyon ay kinakailangang baguhin. Sa kanyang pagtuligsa sa kautusan layunin niyang sirain ang kapangyarihan ng May-akda noon. Sa tunggalian kinakailangang mahayag kung ang banal na kautusan ay may kamalian at kinakailangang baguhin, o kung ito ay sakdal at hindi maaaring palitan.

Noong si Satanas ay palayasin mula sa langit, kanyang ipinasyang ang lupa ay gawing kanyang kaharian. Noong kanyang matukso si Adan at si Eva, inisip niya na ang sanlibutang ito ay kanya na; "sapagkat," ayon sa kanya, "pinili nila ako bilang kanilang hari." Inihahayag niyang mahirap para sa isang nagkasala ang mabigyan ng kapatawaran, kung kaya ang nagkasalang lahi ay kanyang mga kampon, at ang sanlibutan ay kanya. Subalit ibinigay ng Dios ang Kanyang sariling pinakamamahal na Anak—isang kapantay Niya—upang dala- hin ang kabayaran ng kasalanan, kung kaya't

Siya ay nakapagkaloob ng paraan na sa pamamagitan noon sila ay muling maging kalugod- lugod sa Kanya at muling maibalik sa kanilang tahanang Eden. Pinasan ni Kristo ang pagtubos sa tao at ang pagliligtas sa sanlibutan mula sa mga kamay ni Satanas. Ang malaking tunggalian na sinimulan sa langit ay pagpapasyahan rin sa sanlibutan, sa lupaing inaangkin ni Satanas bilang kanya.

[77] Ikinamangha ng buong sansinukob ang si Kristo ay magpakababa upang iligtas ang nahulog na tao. Na Siya na nagdaan sa mga bituin, at sa mga daigdig, nangangasiwa sa lahat, na sa pamamagitan ng Kanyang mga pagkakaloob ay tumustos sa lahat ng uri ng Kanyang malawak na nilikha—na Siya'y sasang-ayong iiwan ang Kanyang kaluwalhatian at magkakatawang-tao, ay isang hiwaga na ninais maunawaan ng mga daigdig na hindi nagkasala. Noong si Kristo ay naparito sa sanlibutan sa anyong tao, lahat ay matamang sumusunod sa Kanya samantalang siya ay naglalakbay, bawat hakbang, sa mga duguang landas mula sa sabsaban hanggang sa kalbaryo. Tinandaan ng langit ang mga pag-insulto at pagkutya na Kanyang tinanggap, at kanilang nabatid na iyon ay ayon sa ibinubulong ni Satanas. Kanilang tinandaan ang pagsulong ng mga ahensya ng kalaban; Si Satanas na patuloy na nagpapalala sa kadiliman, kalungkutan, at paghihirap ng lahi, at si Kristo na nilalabanan iyon. Kanilang minasdan ang labanan ng liwanag at kadiliman samantalang iyon ay tumitindi. At samantalang si Kristo sa Kanyang nanlalatang kalagayan sa krus ay sumigaw, "Naganap na" (Juan 19:30), isang sigaw ng pagtatagumpay ang umalingawngaw sa bawat daigdig at maging sa langit din. Ang dakilang labanan na matagal nang nagpapatuloy sa sanlibutang ito ngayon ay napag- pasyahan na, at si Kristo ang nagtagumpay. Ang Kanyang pagkamatay ay tumugon sa katanungang kung ang Ama at ang Anak ay may sapat na pag-ibig para sa tao upang makapagsagawa ng pagtanggi sa sarili at ng isang espiritu ng pagsasakripisyo. Naihayag na ni Satanas ang kanyang tunay na likas bilang isang sinungaling at mamamatay-tao. Nahayag na yaong espiritung iyon sa pakikitungo niya sa mga anak ng tao na nasa ilalim ng kanyang kapangyarihan, kanya ring inihayag kung siya ay pinahintulutang magkaroon ng kapamahalaan sa langit. Sa nagkakaisang tinig ang sansinukob na tapat ay sama-samang pumuri sa banal na kapamahalaan.

Kung ang kautusan ay maaaring mapalitan, ang tao sana ay
maaaring nailigtas na wala ang sakripisyo ni Kristo; subalit ang katu-
nayan na kailangang ibigay ni Kristo ang Kanyang buhay para sa
nagkasalang lahi, ay nagpapatunay na hindi binibitiwan ng kautusan
ng Dios ang pagkakasala. Inihayag na ang kabayaran ng kasalanan
ay kamatayan. Noong si Kristo ay namatay, ang pagpuksa kay Sa-
tanas ay natiyak. Subalit kung ang kautusan ay napawalang saysay
sa krus, gaya ng sinasabi ng iba, kung magkagano'n ang paghihirap
at pagkamatay ng pinakamamahal na Anak ng Dios ay tiniis upang
maipagkaloob lamang kay Satanas kung ano ang kanyang hinihingi; [78]
at kung gano'n ay nagtagumpay ang prinsipe ng kasamaan, ang
kanyang mga hatol sa banal na kapamahalaan ay napagtibay. Ang
katotohanan na dinala ni Kristo ang kabayaran ng pagkakasala ng tao
ay isang matibay na patotoo sa lahat ng nilikha na ang kautusan ay
hindi maaaring palitan; na ang Dios ay matuwid, mahabagin, at ma-
pagtanggi sa sarili; na ang walang hanggang kahatulan at kahabagan
ay magkaugnay sa pagpapatakbo ng Kanyang pamahalaan. [79]

## Kabanata 5—Si Cain at si Abel ay Sinubok

Ang kabanatang ito ay batay sa Genesis 4:1-15.

Si Cain at si Abel, ang mga anak ni Adan, ay may malaking pag- kakaiba sa likas. Si Abel ay may espiritu ng pagtatapat sa Dios; kanyang nakikita ang paghatol at kaawaan ng pakikitungo ng Maylalang sa nagkasalang lahi, at may pagpapasalamat na tinanggap ang pag-asa ng pagkatubos. Subalit si Cain ay nagkimkim ng espiritu ng panghihimagsik, at nagsasalita laban sa Dios sa sumpang ipinataw sa lupa at sa lahi ng tao dahil sa kasalanan ni Adan. Pinahintulutan niyang ang kanyang isip ay dumaloy sa daang naghatid sa pagkabagsak ni Satanas—binibigyang laya ang pagnanasa upang itanghal ang sarili at pinag-aalinlangan ang banal na hatol at kapangyarihan.

Ang magkapatid ay sinubok, kung paanong si Adan ay sinubok, upang matiyak kung sila ay maniniwala at makikinig sa salita ng Dios. Kapwa nila batid ang kaloob para sa kaligtasan ng tao, at naunawaan ang paraan ng paghahandog na iniutos ng Dios. Alam nila na sa mga handog na iyon sila'y kinakailangang maghayag ng pananampalataya sa Tagapagligtas na inilalarawan ng mga handog na iyon, at sa pagkakataon ding yaon ay kilalanin ang kanilang ganap na pag-asa sa Kanya ukol sa kapatawaran; at alam nila na sa pamamagitan ng gano'ng pagsang-ayon sa banal na panukala para sa kanilang kaligtasan, pinatutunayan nila ang pagiging masunurin sa kalooban ng Dios. Kung walang pagbububo ng dugo hindi magkakaroon ng pagbabayad ng kasalanan; at kinakailangang ipakita nila ang kanilang pananampalataya sa dugo ni Kristo bilang siyang ipina- ngakong pantubos sa pamamagitan ng paghahandog ng mga panganay sa mga hayop. Sa kabila nito, ang mga unang bunga ng lupa ay kinakailangang ihandog sa Panginoon bilang handog ng pagpapasalamat.

Kapwa gumagawa ng magsintulad na altar ang magkapatid, at kapwa nagdala ng handog. Si Abel ay nagdala ng handog mula sa mga alagang hayop, ayon sa mga tagubilin ng Panginoon. "At

liningap ng Panginoon si Abel at ang kanyang handog." Ang apoy ay sumiklab mula sa langit at inubos ang handog. Subalit si Cain, [80] sa pagwawalang bahala sa matuwid at maliwanag na tagubilin ng Dios, ay nagkaloob lamang ng handog na prutas. Walang anumang tanda mula sa langit ang nagpakitang iyon ay tinanggap. Si Abel ay nakiusap sa kanyang kapatid na lumapit sa Panginoon sang-ayon sa itinakdang paraan, subalit ang kanyang pakiusap ay lalo lamang nag-udyok kay Cain upang sundin ang sarili niyang kalooban. Bilang panganay, nadarama niyang siya ay nasa mataas na kalagayan upang siya ay mapayuhan ng kanyang kapatid, at hindi dininig ang kanyang payo.

Si Cain ay dumulog sa harapan ng Dios na may pag-ungol at hindi pananalig sa kanyang puso tungkol sa ipinangakong handog at sa pangangailangan ng mga haing handog. Ang kanyang kaloob ay hindi naghahayag ng pagsisisi sa kasalanan. Kanyang nadama, ang tulad sa nadarama ng marami ngayon, na isang pagkilala sa kahinaan ang sumunod sa ganap na panukalang inihayag ng Dios, ang pagtitiwala ng kanyang kaligtasan ng ganap sa pagtubos ng ipinangakong Tagapagligtas. Pinili niya ang daan ng pananalig sa sarili. Siya ay lumapit sa sarili niyang pagiging marapat. Hindi siya magdadala ng tupa, at ihahalo ang dugo noon sa kanyang handog, ngunit siya ay maghahandog ng kanyang mga ani, ang mga bunga ng kanyang paggawa. Dinala niya ang kanyang handog bilang isang kabutihang ginawa para sa Dios, na sa pamamagitan noon ay inaasahan niyang siya ay kaluluguran ng Dios. Si Cain ay sumunod sa paggawa ng altar, sumunod sa pagdadala ng handog; subalit siya ay nagkaloob lamang ng isang bahagi ng pagsunod. Ang mahalagang bahagi, ang pagkilalang siya ay nangangailangan ng isang Tagatubos, ay naiwan.

Kung ang pagkapanganak at pagtuturo tungkol sa relihiyon ang pag-uusapan, ang magkapatid ay patas. Kapwa makasalanan, at kapwa kumikilala sa Dios na Siya ay dapat igalang at sambahin. Sa panglabas na anyo ang kanilang relihiyon ay nagkaisa lamang hanggang sa isang banda, ngunit higit doon ang pagkakaiba ng dalawa ay malaki.

"Sa pananampalataya si Abel ay naghandog sa Dios ng lalong mabuting hain kaysa kay Cain." Hebreo 11:4. Pinanghawakan ni Abel ang mga dakilang alituntunin ng pagtubos. Nakita niya ang kanyang sarili bilang isang makasalanan, at nakita niya ang

kasalanan at ang kaparusahan noon, ang kamatayan, nasa pagitan ng kanyang kaluluwa at ng pakikipag-ugnayan sa Dios. Dinala niya ang pinatay na biktima, ang inialay na buhay, sa gano'ng paraan ay
[81] kinilalala ang hinihiling ng kautusang hindi nasunod. Sa pamamagitan ng nabubong dugo siya ay tumingin sa hinaharap na handog, si Kristo na namatay sa krus ng kalbaryo; at nagtitiwala sa pangtubos na gagawin doon, mayroon siyang patotoo na siya ay matuwid, at ang kanyang handog ay tinanggap.

Si Cain ay mayroon ding gano'ng pagkakataon upang malaman at tanggapin ang mga katotohanang ito tulad ni Abel. Siya ay hindi biktima ng isang sinadyang panukala. Ang isang kapatid ay hindi nakatalaga upang tanggapin ng Dios, at ang isa'y tatanggihan. Pinili ni Abel ang pananampalataya at pagsunod; si Cain, ang di pananampalataya at ang paghihimagsik. Dito nakasalalay ang buong pangyayari.

Si Cain at si Abel ay kumakatawan sa dalawang uri ng tao sa sanlibutan hanggang sa dumating ang wakas. Ang isang uri ay tuma- tanggap sa itinalagang handog para sa kasalanan; ang isang uri ay nangangahas na umasa sa sarili nilang kabutihan; ang kanila'y isang sakripisyong hiwalay sa kabutihan ng isang banal na namamagitan, kung kaya iyon ay hindi makasapat upang ang tao ay gawing kaluguran ng Dios. Sa pamamagitan lamang ng kabutihan ni Kristo maaaring mapatawad ang ating mga kasalanan. Yaong mga nakadarama na hindi na nila kailangan ang dugo ni Kristo, nakadarama na kahit na walang banal na biyaya magagawa nilang sa pamamagitan ng sarili nilang mga gawa ay maaari nilang makamtan ang kaluguran ng Dios, ay gumagawa ng pagkakamaling tulad ng kay Cain. Kung hindi nila tinatanggap ang naglilinis na dugo, sila ay mapapahamak. Wala ng ibang paraan upang sila ay makawala sa pagkaalipin sa kasalanan.

Ang uri ng mga sumasambang sumusunod sa halimbawa ni Cain ay kinabibilangan ng nakalalaking bahagi sa sanlibutan; sapagkat halos lahat ng huwad na relihiyon ay nakasalalay sa ganoong prinsipyo— na ang tao ay makaaasa sa sarili niyang pagsisikap para sa kaligtasan. Iniisip ng marami na ang sangkatauhan ay nangangailangan, hindi ng pagtubos, kundi ng pag-unlad—na maaari nitong pinuhin, itaas, at baguhin ang sarili. Tulad sa inisip ni Cain sa paghanap sa kaluguran ng Dios sa pamamagitan ng isang handog

na walang haing dugo, gano'n umaasa na itaas ang sangkatauhan sa banal na pamantayan, hiwalay sa pagtubos. Ang kasaysayan ni Cain ay nagpapahayag kung ano ang kinakailangang maging bunga. Ipinakikita noon kung ano ang mangyayari sa taong hiwalay kay Kristo. Ang sangkatauhan ay walang kapangyarihan upang baguhin ang sarili. Ito ay hindi magiging daang tungo sa itaas, tungo sa banal, [82]
sa halip ay paibaba, tungo sa maka Satanas. Si Kristo ang natatangi nating pag-asa. "Walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas." Gawa 4:12.

Ang tunay na pananampalataya, na lubos na nakasalalay lamang kay Kristo, ay nahahayag sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng mga iniuutos ng Dios. Mula sa panahon ni Adan hanggang sa kasalukuyang panahon ng malaking tunggalian ay tungkol sa pagsunod sa kautusan ng Dios. Sa lahat ng kapanahunan ay mayroong umaangkin sa kaluguran ng Dios bagaman kanilang niyuyurakan ang ilan sa Kanyang mga utos. Subalit inihahayag ng kasulatan na sa pamamagitan ng gawa "naging sakdal ang pananampalataya;" at, kung walang mga gawa ng pagsunod, ang pananampalataya "ay patay." Santiago 2:22, 17. Siya na nagpapanggap na nakakakilala sa Dios, "at hindi tumutupad ng Kanyang mga utos, ay sinungaling, at ang katotohanan ay wala sa kanya." 1 Juan 2:4.

Noong makita ni Cain na ang kanyang handog ay hindi tinanggap, siya ay nagalit sa Panginoon at kay Abel; siya ay nagalit sapagkat hindi tinanggap ng Panginoon ang ipinalit ng tao na haing iniutos ng Dios, at galit sa kanyang kapatid sa pagpili niyang sumunod sa Dios sa halip na makiisa sa panghihimagsik. Sa kabila ng paglabag ni Cain sa utos ng Dios, hindi siya iniwan ng Dios; sa halip ay naki- pagtalastasan sa kanya na naging gano'n na lamang. At sinabi ng Panginoon kay Cain, "Bakit ka nag-init? at bakit namanglaw ang iyong mukha?" Sa pamamagitan ng isang tagapagbalitang anghel ang banal na babala ay pinarating: "Kung ikaw ay gumawa ng mabuti, di ba ikaw mamarapatin? at kung hindi ka gumawa ng mabuti, ay nahahandusay ang kasalanan sa pintuan." Ang pagpili ay nakasalalay kay Cain. Kung siya ay magtitiwala sa kabutihan ng ipinangakong Tagapagligtas, at susunod sa mga utos ng Dios, ay malulugod siya sa Kanyang kaluguran. Subalit kung siya ay mananatili sa hindi pani- niwala at sa pagsalangsang, ay wala

siyang pagbabatayan ng pagtutol sapagkat tinanggihan na siya ng Panginoon.

Subalit sa halip na kilalanin ang kanyang kasalanan, si Cain ay nagpatuloy sa pagtutol sa di pagkamatarungan ng Dios at sa pag- kimkim ng inggit at galit kay Abel. Galit niyang kinausap ang kanyang kapatid, at tinangkang makipagtalo sa kanya tungkol sa pakikitungo ng Dios sa kanila. Sa kaamuan, gano'n pa man,
[83] ay walang pagkatakot at may katatagan, ay ipinagtanggol ni Abel ang kahatulan at kabutihan ng Dios. Itinuro niya ang pagkakamali ni Cain, at sinikap na ipabatid sa kanya na ang kamalian ay nasa kanyang sarili. Binanggit niya yaong kaawaan ng Dios sa pagliligtas sa buhay ng kanilang mga magulang samantalang maaari sanang pinarusahan na agad sila ng kamatayan, at ipinabatid sa kanila na sila ay mahal ng Panginoon, at kung hindi ay hindi Niya sana ibinigay ang Kanyang Anak, walang kasalanan at banal, upang paghirapan ang kaparusahang kanilang tinamo. Ang lahat ng ito ay lalo pang nagpatindi sa galit ni Cain. Ang magandang katuwiran at ang konsensya ay nagsasabi sa kanyang si Abel ay nasa tama; subalit siya ay lubhang nagalit sapagkat ang dapat sana ay nakinig sa kanyang payo ay siya pa ngayong hindi sumasang-ayon sa kanya, at siya ay hindi nakikiramay sa kanyang panghihimagsik. Sa katindihan ng kanyang galit ay pinatay niya ang kanyang kapatid.

Nagalit si Cain at pinatay ang kanyang kapatid, hindi dahil sa anumang kamaliang nagawa ni Abel, kundi "sapagkat ang kanyang mga gawa ay masasama, at ang mga gawa ng kanyang kapatid ay matuwid." 1 Juan 3:12. Kaya sa lahat ng kapanahunan ang mga masasama ay galit sa higit na mabuti kaysa kanila. Ang buhay ni Abel na masunurin at may pananampalatayang hindi humahapay para kay Cain ay isang nagpapatuloy na panunumbat. "Ang bawat isa na gumagawa ng masama ay napopoot sa ilaw, at hindi lumalapit sa ilaw, upang huwag masaway ang kanyang mga gawa." Juan 3:20. Samantalang higit na maniningning ang makalangit na liwanag na sumisinag sa likas ng mga tapat na lingkod ng Dios, higit na maliwanag na ang kasalanan ng mga masama ay mahahayag, at higit na magiging masugid ang kanilang pagkilos upang puksain yaong mga guma- gambala sa kanilang kapayapaan.

Ang pagkapaslang kay Abel ang kauna-unahang halimbawa ng pag- aalit na inihayag ng Dios na mamamagitan sa ahas at sa

binhi ng babae—sa pagitan ni Satanas at ng kanyang mga kampon at ni Kristo at ng Kanyang mga tagasunod. Sa pamamagitan ng pagkakasala ng tao, si Satanas ay nagkaroon ng kapangyarihan sa lahi ng tao, subalit sila ay bibigyan ni Kristo ng kapangyarihan upang alisin ang pamatok ni Satanas. Sa tuwing, sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kordero ng Dios, ang isang kaluluwa ay tumatalikod sa paglilingkod sa kasalanan ang galit ni Satanas ay nagagatungan. Ang banal na buhay ni Abel ay nagpapatotoo laban [84]
sa inihahayag ni Satanas na imposible para sa tao ang maingatan ang kautusan ng Dios. Nang si Cain, nakilos ng espiritu ng masama, ay nakabatid na hindi niya mapasusunod si Abel, siya ay nagalit ng gano'n na lamang at inutas niya ang kanyang buhay. At kung saan mayroong sinuman na tatayo sa pagpapatotoo sa katuwiran ng kautusan ng Dios, ang gano'n ding espiritu ay mahahayag sa kanila. Ang espiritung ito ang sa buong kapanahunan ay nagpagawa ng bitayan at nagpasunog sa mga alagad ni Kristo. Subalit ang mga karahasang ginagawa sa mga tagasunod ni Jesus ay isinasagawa ni Satanas at ng kanyang mga hukbo sapagkat siya ay hindi nila mapasunod. Yaong galit ng isang talunang kaaway. Ang bawat martir ni Kristo ay namatay na isang mananagumpay. Ayon sa propeta, "At siya'y kanilang dinaig ["ang matandang ahas, ang tinatawag na Diablo, at Satanas"] dahil sa dugo ng Kordero, at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang buhay hanggang sa kamatayan." Apocalipsis 12:11, 9.

Pagdaka si Cain na mamamatay tao ay tinawag upang panagutan ang kanyang krimen. "At sinabi ng Panginoon kay Cain, Saan naroon si Abel na iyong kapatid? At sinabi niya, Aywan ko: Ako ba'y taga- bantay sa aking kapatid? Malayo na ang narating ni Cain sa kasalanan at nawalan na siya ng pagkadama sa patuloy na pakikiharap ng Dios at sa Kanyang kadakilaan at sa pagkaalam ng Dios sa lahat ng mga bagay. Kung kaya't siya ay nagsinungaling upang itago ang kanyang kasalanan."

At sa muli ay sinabi ng Panginoon kay Cain, "Anong iyong ginawa? Ang tinig ng dugo ng iyong kapatid ay dumadaing sa akin mula sa lupa." Ang Dios ay nagbigay kay Cain ng pagkakataon upang ihayag ang kanyang kasalanan. Siya ay binigyan ng panahon upang mag- isip-isip. Alam niya ang kamalian ng kanyang ginawa, at ng pagsisi- nungaling na kanyang binanggit upang iyon

ay ikubli; subalit siya ay mapaghimagsik pa rin, at ang hatol ay hindi na pinapagliban. Ang banal na tinig na ginamit upang mangusap at magsumamo ang bumigkas sa kakila-kilabot na mga salita: "At ngayo'y sinumpa ka sa lupa na siyang nagbuka ng bibig na tumanggap sa iyong kamay ng dugo ng iyong kapatid; pagbubukid mo ng lupa ay di na ibibigay mula ngayon sa iyo ang kanyang lakas; ikaw ay magiging palaboy at hampas-lupa sa lupa."

[85] Sa kabila ng katotohanang si Cain sa pamamagitan ng kanyang Sinubukan sina Cain at Abel, kung paano nila nakitang sinubukan si Adan, upang matiyak kung susunod sila sa Dios. Malinaw nilang
[86] naunawaan ang paraan ng paghahandog.
[87] krimen ay naging marapat lamang na mamatay, isang mahabaging Maylalang ang nagligtas sa kanyang buhay, at nagbigay sa kanya ng pagkakataon upang makapagsisi. Subalit si Cain ay nabuhay lamang upang papagtigasin ang kanyang puso, upang magganyak ng panghihimagsik sa banal na kapangyarihan, at upang maging ulo ng hanay ng mapangahas, at itinakwil na mga makasalanan. Ang isang tumalikod na ito, na pinangungunahan ni Satanas, ay naging isang tagatukso sa iba; at ang kanyang halimbawa at impluwensya ay nagbunga ng naka- mamatay na kapangyarihan, hanggang sa ang lupa ay naging masama ng gano'n na lamang at napuno ng kasamaan upang mangailangan ng pagkagunaw.

Sa pagliligtas sa buhay ng unang mamamatay tao, ang Dios ay nagbigay para sa buong sansinukob ng isang aral tungkol sa malaking tunggalian. Ang madilim na kasaysayan ni Cain at ng kanyang mga anak ay isang halimbawa kung ano ang ibubunga kung ang makasalanan ay pahihintulutang mabuhay ng walang hanggan, upang ipag- patuloy ang kanyang panghihimagsik laban sa Dios. Ang pagpapa- hinuhod ng Dios ay naging daan lamang sa masama upang maging higit pang mapangahas at mapanglaban sa kanilang kasamaan. Labing- limang daang taon matapos ipataw ang hatol kay Cain, ay nasaksihan ng sansinukob ang impluwensya at halimbawa ng krimen at karumi- hang bumaha sa lupa. Nahayag na ang kamatayang ipinataw sa nag- kasalang lahi ay kapwa makatarungan at mahabagin. Habang tuma- tagal ang pamumuhay ng tao sa kasalanan, ay lalo silang nawawaglit. Ang banal na hatol na nagpapaiksi sa takbo ng hindi mapigil na kasamaan, at nagpapalaya

sa sanlibutan mula sa impluwensya noong mga nagmamatigas sa panghihimagsik, ay isang pagpapala sa halip na sumpa.

Si Satanas ay patuloy na gumagawa, na may ibayong lakas at sa ilalim ng libu-libong pagkukunwari, upang ihayag ang likas at pamamahala ng Dios sa maling paraan. May malawak at organisadong mga panukala at kamangha-manghang kapangyarihan, siya ay gumagawa upang ang mga naninirahan sa mundo ay mapasa-ilalim ng kanyang mga panlilinlang. Ang Dios, ang Isang walang hanggan at nakaaalam sa lahat, ay nakikita ang wakas mula sa pasimula, at sa pakikitungo sa masama ang Kanyang mga panukala ay malawak at mauunawaan. Layunin Niya, hindi lamang ang maibaba ang panghihimagsik, kundi pati ang maihayag sa buong sansinukob ang likas ng panghihimagsik. Ang panukala ng Dios ay nagkakaroon ng [88]
katuparan, inihahayag - kapwa ang Kanyang pagkamatarungan at mahabagin, at ganap na pinawawalang sala ang Kanyang katalinuhan at katuwiran sa pakikitungo sa masama.

Ang mga naninirahan sa ibang mga daigdig ay nagmamasid sa mga nangyayari sa lupa. Sa kalagayan ng sanlibutan bago bumaha ay nakita nila ang halimbawa ng ibubunga ng pamamahalang sinikap ni Satanas itatag sa langit, sa pagtanggi sa kapamahalaan ni Kristo at sa pagsasa-isangtabi sa kautusan ng Dios. Doon sa mga lubhang makasalanan sa ginunaw na sanlibutan ay nakita nila ang mga kampon ni Satanas. Ang haka ng puso ng tao ay pawang naging masama na lamang parati. Genesis 6:5. Bawat damdamin, bawat simbuyo at isipan, ay may pakikipagdigma sa mga banal na alituntunin ng kadalisayan at kapayapaan at pag-ibig. Yaon ay isang halimbawa ng nakalulungkot na kakulangan bunga ng patakaran ni Satanas na alisin mula sa mga nilalang ng Dios ang pamimigil ng Kanyang banal na kautusan.

Sa pamamagitan ng mga nahahayag sa pagsulong ng malaking tunggalian, ay inihahayag ng Dios ang mga prinsipyo ng kanyang patakaran ng pamamahala, na pinasinungalingan ni Satanas at ng lahat na nadaya niya. Ang Kanyang katarungan sa wakas ay kikilalanin ng buong sanlibutan, bagaman ang pagkilalang iyon ay lubhang huli na upang ang makasalanan ay maligtas. Taglay ng Dios ang mga pakikiramay at pagsang-ayon ng buong sansinukob samantalang sa bawat hakbang ng Kanyang dakilang panukala ay nagtutungo sa kaganapan. Tataglayin Niya iyon hanggang sa kahuli-

hang pagpawi sa panghihimagsik. Makikita na lahat na tumalikod sa banal na utos ay inilagay ang kanilang sarili sa panig ni Satanas, at nakildpagdigma laban kay Kristo. Kung ang prinsipe ng sanlibutang ito ay mahatulan, at lahat ng mga nakiugnay sa kanya ay makabahagi sa kanyang sasapitin, ang buong sansinukob bilang mga saksi sa kahatulan ay magsasabi, "Matuwid at tunay ang Iyong mga daan,
[89] Ikaw na Hari ng mga bansa." Apocalipsis 15:3.

# Kabanata 6—Si Set at si Enoc

Ang kabanatang ito ay batay sa Genesis 4:25 hanggang 6:2.

Kay Adan ay ibinigay ang isa pang anak, upang maging tagapagmana ng banal na pangako, tagapagmana ng espirituwal na pagkapanganay. Ang pangalang Set, na ibinigay sa anak na ito, ay nangangahulugang "inilaan" o "kapalit;" "ukol sa," ayon sa ina, "binigyan ako ng Dios ng ibang anak na kahalili ni Abel; sapagkat siya'y pinatay ni Cain." Si Set ay may higit na matipunong tindig kaysa kay Cain o Abel, at higit na mas kahawig ni Adan kaysa sa ibang mga anak niya. Siya ay may mabuting ugali, sumusunod sa mga hakbang ni Abel. Subalit wala siyang higit na kabutihan kaysa kay Cain. Tungkol sa pagka- kalalang kay Adan ay sinabi, "Ayon sa larawan ng Dios siya nilalang;" subalit ang tao, matapos ang Pagkahulog, ay "nagkaanak ng isang lalaking kanyang wangis na hawig sa kanyang larawan." Samantalang si Adan ay nilalang na walang kasalanan, ayon sa wangis ng Dios, si Set, tulad ni Cain, ay nagmana ng nagkasalang likas ng kanyang mga magulang. Subalit siya rin ay tumanggap ng kaalaman tungkol sa Tagapagtubos at mga tagubilin tungkol sa katuwiran. Sa pamamagitan ng banal na biyaya siya ay naglingkod at nagparangal sa Dios; at siya ay gumawa, kung papaanong si Abel ay gumawa, kung siya lamang ay nabubuhay, upang ibaling ang isipan ng mga taong makasalanan upang kumilala at sumunod sa kanilang Manlalalang.

"At nagkaanak naman si Set ng isang lalaki; at tinawag ang kanyang pangalan na Enos: noon ay pinasimulan ng mga tao ang pagtawag sa pangalan ng Panginoon." Ang mga tapat ay sumasamba na sa Dios noon; subalit sa pagdami ng tao, ang pagkakaiba ng dalawang grupo ay naging mas hayag. Nagkaroon ng hayagang pagtatapat sa Dios sa isang panig, sa isa naman ay galit at pagsuway.

Bago ang Pagkahulog ang una nating mga magulang ay nangingilin ng Sabbath, na sinimulan sa Eden; at nang sila ay palabasin mula sa Paraiso ay ipinagpatuloy nila ang pangingilin noon.

Kanilang natikman ang mapait na bunga ng pagsuway, at natutunan kung paanong ang lahat na sumalansang sa utos ng Dios paglaon ay
[90] nakababatid—na ang mga banal na utos ay banal at hindi maaaring mabago, at ang kabayaran ng pagsalangsang ay tiyak na ipapataw. Ang Sabbath ay ipinangilin ng lahat ng mga anak ni Adan na nanatiling tapat sa Dios. Subalit si Cain at ang kanyang mga lahi ay hindi kumilala sa araw na ipinagpahinga ng Dios. Pinili nila ang sarili nilang panahon ng paggawa at pamamahinga, sa kabila ng hayag na utos ng Dios.

Sa pagkatanggap ng sumpa ng Dios, si Cain ay umalis na sa tahanan ng kanyang ama. Una niyang pinili bilang kanyang gawain ang mag- bungkal ng lupa, at ngayon siya ay nagtatag ng isang lungsod, at tinawag iyon sa pangalan ng panganay niyang anak. Siya ay nakalabas na sa harapan ng Panginoon, itinakwil na niya ang pangako tungkol sa pagsasauli ng Eden, upang maghanap ng kanyang kayamanan at kaligayahan sa lupa sa ilalim ng sumpa ng kasalanan, kung kaya't tumatayo bilang ulo ng isang malaking grupo ng mga tao na suma- samba sa diyos ng sanlibutan. At tungkol sa pawang makalupa at materyal na pagsulong, ay kinilala ang kanyang mga anak. Subalit sila ay nagwawalang bahala sa Dios, at salungat sa Kanyang mga layunin para sa tao. Sa krimen ng pagpatay, na pinangunahan ni Cain, si Lamec, ang ika-lima sa hanay, ay idinagdag ang pag-aasawa ng higit sa isa, at, nagmamalaking sumusuway sa Dios, kinilala lamang niya ang Dios, upang mula sa paghihiganti ni Cain; ay matiyak ang sarili niyang kaligtasan. Si Abel ay namuhay bilang isang pastol, naninirahan sa mga tolda o kubo, at gano'n din ang sinundan ng mga anak ni Set, ibinibilang ang kanilang mga sarili na "pawang taga-ibang bayan at manlalakbay sa ibabaw ng lupa," nagnanasa "ng lalong magaling na lupain." Hebreo 11:13, 16.

Sa ilang panahon ang dalawang grupo ng tao ay nanatiling mag- kahiwalay. Ang lahi ni Cain, sa paglaganap mula sa una nilang tini- rahan, ay kumalat sa kapatagan at mga lambak kung saan ang mga anak ni Set ay nanirahan; at ang isang grupo naman, upang makaiwas sa kanilang masamang impluwensya, sila'y nagtungo sa mga bundok at doon nanirahan. At samantalang ang paghihiwalay na ito ay nana- natili, naingatan nila sa kadalisayan ang pagsamba sa Dios. Subalit sa paglipas ng panahon sila ay nangahas, unti-unti, upang makisalamuha sa mga naninirahan sa mga lambak. Ang

pakikisalamuhang ito ay nagbunga ng hindi mabuti. "Nakita ng mga anak ng Dios, na maga- ganda ang mga anak na babae ng mga tao." Ang mga anak ni Set, naaldt ng kagandahan ng mga anak na babae sa lahi ni Cain, ay nagpalungkot sa Panginoon sa [91] pamamagitan ng pakikipag-asawahan sa kanila. Marami sa mga sumasamba sa Dios ang nasuong sa pag- kakasala sa pamamagitan ng mga pang-akit na mamalagi sa kanilang harapan, at naiwala nila ang kanilang kakaiba, at banal na pagkatao. Sa pakikisalamuha sa mga taong ubod ng sama, sila ang naging tulad nila sa espiritu at sa gawa; ang mga ipinagbabawal ng ika-pitong utos ay kinalimutan, "at sila'y nagsikuha ng kani-kanyang asawa sa lahat ng kanilang pinili." Ang mga anak ni Set ay lumakad "sa daan ni Cain" (Judas 11); itinuon nila ang kanilang mga isip sa makamundong pag-unlad at kasiyahan at kinalimutan ang mga utos ng Panginoon. Ang mga tao ay "hindi ninais panatilihin ang Dios sa kanilang kaalaman;" sila ay naging "walang kabuluhan sa kanilang pagmamatuwid at ang mga mangmang nilang puso ay pinapagdilim." Roma 1:21. Kung kaya "ibinigay sila ng Dios sa isang mahalay na pag-iisip." Talatang 28. Ang kasalanan ay kumalat sa lupa tulad sa kilabot na ketong.

Sa loob ng halos isang libong taon si Adan ay nabuhay, isang saksi sa mga ibinunga ng kasalanan. May pagtatapat niyang sinikap kitilin ang paglago ng kasamaan. Siya ay inatasang turuan ang kanyang mga anak sa daan ng Panginoon; at maingat niyang pinahalagahan ang ipinahayag sa kanya ng Panginoon, at isinaysay iyon sa mga sumu- sunod na lahi. Sa kanyang mga anak at sa mga anak ng kanyang mga anak, hanggang sa ika-siyam na lahi, isinaysay niya ang banal at masayang kalagayan ng tao sa Paraiso, at isinaysay ang kanyang pagkahulog sa kasalanan, sinasabi sa kanila ang mga paghihirap na sa pamamagitan noon ay itinuro sa kanya ng Dios ang kahalagahan ng masusing pagsunod sa Kinyang kautusan, at ipinapaliwanag sa kanila ang kaloob na awa para sa kanilang kaligtasan. Gano'n pa man ay iilan lamang ang nakinig sa kanyang mga salita. Malimit siya ay hinaharap ng mapapait na paninisi sa kanyang kasalanan na naghatid ng gano'ng kapighatian sa kanyang mga anak.

Ang buhay ni Adan ay isang buhay na may kalungkutan, pagpapakumbaba at pagsisisi. Noong kanyang iwan ang Eden, ang kaisipan na siya ay kinakailangang mamatay ay pumuno sa kanya ng takot. Siya ay unang nagkaroon ng pagkabatid sa katiyakan ng ka-

matayan sa sambahayan ng tao noong si Cain, ang panganay niyang anak, ay pumatay sa kanyang kapatid. Puno ng pinakamatinding pagsisisi sa sarili niyang kasalanan at nasawian ng dalawa sa pagka-
[92] matay ni Abel at pagkawaglit ni Cain, si Adan ay nakayuko sa pagdadalamhati. Nasaksihan niya ang lumalaganap na kasamaan na sa huli ay magiging sanhi ng paggunaw ng sanlibutan sa pamamagitan ng baha; at bagaman ang hatol ng kamatayang ipinataw sa kanya ng Manlalalang ay naging kakilakilabot sa simula, gano'n pa man matapos makita sa loob ng halos isang libong taon ang bunga ng kasalanan, nadama niya na kahahabagan ng Dios ang wakasan ang buhay ng paghihirap at kalungkutan.

Sa kabila ng kasamaan ng sanlibutan bago bumaha, ang panahong iyon ay hindi, tulad sa iniisip kalimitan, isang panahon ng kamang- mangan at kabangisan. Ang mga tao ay pinagkalooban ng pagkakataon upang magkaroon ng mataas na pamantayan ng moralidad at kaisipan. Sila ay nagtataglay ng dakilang lakas ng pangangatawan at ng kaisipan, at ang kanilang kalamangan upang magkaroon ng kaalaman sa relihiyon at sa agham ay di mapapantayan. Isang pagkakamali ang isiping sapagkat sila'y namuhay ng gano'n kahabang panahon ang kanilang kaisipan ay hindi agad umunlad. Ang kapangyarihan ng kanilang kaisipan ay maagang lumago, at yaong may pagkatakot sa Dios at namuhay ayon sa Kanyang kalooban ay patuloy na lumago ang karunungan at kaalaman samantalang sila ay nabubuhay. Kung ang magigiting na mga mag-aaral sa ating kapanahunan ay ihahambing sa mga taong kasing-gulang nila na nabuhay bago ang baha, sila ay maihahambing na lubhang mahina ang kapangyarihan ng pag-iisip at pangangatawan. Sa pag-ikli ng buhay ng tao, at sa pag-unti ng lakas ng kanyang pangangatawan, ang kakayanan ng kanyang pag- iisip ay nababawasan. Mayroong mga tao ngayon ang nag-aaral mula dalawampu hanggang limampung taon, at ang sanlibutan ay hangang- hanga sa kanilang nakamtan. Ngunit gaano kakaunti ang mga nakam- tang ito kung ihahambing sa mga taong ang kaisipan at pangangatawan ay lumago sa loob ng mga daang-taon!

Totoo na ang mga tao sa. makabagong kapanahunan ay nakikinabang sa mga naabot ng mga nauna sa kanila. Ang mga tao na may mahuhusay na pag-iisip, na nagpanukala at nag-aral at sumulat, ay nag-iwan ng kanilang mga gawa para doon sa mga sumusunod

sa kanila. Ngunit maging sa bagay na ito, kung ang pag-uusapan ay kaalaman, higit pa ring nakalalamang ang mga tao noong una! Kasama nila sa loob ng daan-daang mga taon siya na hinubog sa wangis ng Dios, na sinabi ng Manlalalang na "mabuti"—ang tao na tinuruan ng Dios sa lahat ng karunungan tungkol sa materyal na [93] sanlibutan. Natutunan ni Adan mula sa Manlalalang ang kasaysayan ng paglalang; nasaksihan niya mismo ang mga pangyayari sa loob ng siyam na raang taon; at ibinabahagi niya ang kanyang kaalaman sa kanyang mga anak. Ang mga tao noong bago bumaha ay walang mga aklat, wala silang mga ulat na nakasulat; subalit sa taglay nilang dakilang kapangyarihan ng pangangatawan at ng kaisipan, mahusay silang magtanda at nagagawang mahagip at matandaan ang mga inihahayag sa kanila, at muli ay ibahagi ito ng walang anumang pagkukulang sa kanilang mga anak. At sa loob ng daan-daang mga taon ay mayroong pitong henerasyon ang sama-samang nabubuhay sa lupa, taglay ang mga pagkakataon upang mag-ugnayan sa isa't-isa at makinabang sa kaalaman at karanasan ng lahat.

Kailan man ay di pa napantayan ang kalamangan ng mga tao noong panahong iyon upang magkaroon ng kaalaman tungkol sa Dios sa pamamagitan ng Kanyang mga gawa. At malayong-malayo sa pagiging panahon ng kadiliman tungkol sa relihiyon, iyon ay kapanahunan ng lubhang kaliwanagan. Ang buong sanlibutan ay nagkaroon ng pagkakataon upang tumanggap ng pagtuturo mula kay Adan, at yaong mga may pagkatakot sa Panginoon ang tagapagturo ay si Kristo at ang mga anghel. At mayroon silang matahimik na patotoo para sa katotohanan sa halamanan ng Dios na sa loob ng maraming daang taon ay nanatili sa sangkatauhan. Sa pintuang daan ng Paraiso na binabantayan ng kerubin ang kaluwalhatian ng Dios ay nahahayag, at doon ay pumupunta ang mga unang sumasamba. Dito nakalagay ang kanilang mga altar, at dinadala ang kanilang handog. Dito si Cain at Abel nagdala ng kanilang hain, at ang Dios ay nagpakababa upang makipag-ugnayan sa kanila.

Hindi maitatanggi ng mga walang paniniwala nang pagkakaroon ng Eden samantalang iyon ay nakikita nila, ang pasukan ay nahahadlangan ng mga nagbabantay na anghel. Ang pagkakasunod-sunod ng paglalang, ang layunin ng halamanan, ang kasaysayan ng dalawang punong kahoy doon na may malaking kinalaman sa kahihinatnan ng tao, ay mga katotohanang hindi maitanggi. Ang pagkakaroon ng

Dios at ng Kanyang pagiging makapangyarihan sa lahat, ang mga kahilingan sa Kanyang kautusan, ay mga katotohanang hindi basta pagdududahan samantalang si Adan ay kasama nila.

Sa kabila ng lumalaganap na kasamaan, ay mayroong hanay [94] ng mga taong banal, iniangat at pinarangal ng pakikipag-ugnayan sa Dios, ang namuhay tulad sa nakikisalamuha sa langit. Sila ay mga lalaki na may dakilang kaisipan, ng mga kahanga-hangang kakayanan. Sila ay may dakila at banal na layunin—upang maghubog ng pag- uugali ng katuwiran, upang magturo ng kabanalan, hindi lamang sa mga lalaki noong kanilang kapanahunan, kundi pati sa mga lahi sa hinaharap. Ilan lamang sa mga pinakatanyag ang nabanggit sa kasu- latan; subalit sa buong kapanahunan ang Dios ay may mga tapat na saksi, mga tapat na puso ang pagsamba.

Tungkol kay Enoc ay nasulat na siya ay nabuhay sa loob ng anim na pu't limang taon, at nagkaanak ng isang lalaki. At pagkatapos noon ay lumakad siyang kasama ng Dios sa loob ng tatlong daang taon. Sa panahon ng mga naunang taong ito si Enoc ay umibig at natakot sa Dios at sumunod sa Kanyang mga utos. Isa siya sa hanay ng mga banal, mga tagapag-ingat ng tunay na pananampalataya, tagapagdala ng ipinangakong binhi. Mula sa mga labi ni Adan ay nalaman niya ang madilim na kasaysayan ng pagkahulog at ang isang nakapagpapasya tungkol sa biyaya ng Dios na inihahayag ng pangako; at siya ay umasa na ang Manunubos ay darating. Subalit pagkasilang ng kanyang panganay na anak, si Enoc ay nakarating sa isang mataas na karanasan; siya ay nagkaroon ng malapit na relasyon sa Dios. Higit niyang nadama ang kanyang obligasyon at tungkulin bilang anak ng Dios. At samantalang nakita niya ang pag-ibig ng sanggol sa kanyang ama, at ang simpleng pagtitiwala nito sa kanyang pag-iingat; samantalang nadama niya ang malalim, at nag-aalab na kahinahunan ng kanyang puso para sa panganay na iyon, nabatid niya ang isang mahalagang aral tungkol sa kahanga-hangang pag-ibig ng Dios sa tao sa pagkakaloob ng Kanyang Anak, at pagtitiwala na maaaring pagpahinga ng mga anak sa kanilang makalangit na Ama. Ang walang hanggan, at hindi malirip na pag-ibig ng Dios sa pamamagitan ni Kristo ay naging paksa ng kanyang pagmumuni araw at gabi; at sa buong sigla ng kanyang kaluluwa ay sinikap

niyang ihayag ang pag- ibig na iyon sa mga tao sa kinaroroonan niya.

Ang paglakad ni Enoc na kasama ng Dios ay hindi sa pangitain o pagkawala ng ulirat, kundi sa lahat ng tungkulin sa kanyang pang-araw-araw na buhay. Siya ay hindi naging isang ermitanyo, na nakukublihan mula sa sanlibutan; sapagkat siya ay may isang gawain na dapat gampanan para sa Dios sa sanlibutan. Sa sambahayan at sa [95] kanyang pakikisalamuha sa tao, bilang asawa at ama, kaibigan, at mamamayan, siya ay naging tapat, hindi nanglulupaypay na lingkod ng Panginoon.

Ang kanyang puso ay sang-ayon sa kalooban ng Dios; sapagkat "makalalakad baga ang dalawa na magkasama, liban na sila'y magkasundo?" Amos 3:3. At ang banal na paglakad na ito ay nagpatuloy sa loob ng tatlong daang taon. Ilan lamang sa mga Kristiano ang hindi magiging higit na masugid at natatalaga kung alam nila na mayroon na lamang silang maikling panahon upang mabuhay, o kaya'y kung ang pagdating ng Panginoon ay mangyayari na. Subalit ang pananampalataya ni Enoc ay lalong tumibay, at ang kanyang pag-ibig ay lalong naging marubdob, samantalang ang mga daang-daang taon ay lumilipas.

Si Enoc ay isang tao na may malakas at lubang nasanay na kaisipan at may malawak na kaalaman; siya ay pinarangalan sa pagkakaroon ng mga natatanging pahayag mula sa Dios; gano'n pa man sa patuloy na pakikipag-ugnayan sa Langit, taglay ang pagkadama sa banal na kadakilaan at kasakdalan na sa tuwina'y kaharap niya, siya ay naging isa sa mga pinakamababa ang loob na tao. Sa pagiging higit na malapit sa Dios, nagiging higit na malalim ang pagkadama ng sarili niyang kahinaan at pagkukulang.

Sa pagkabahala sa lumalagong kasamaan ng mga makasalanan, at sa pangamba na ang kanilang hindi pagkilala sa Dios ay maaaring makabawas sa kanyang paggalang sa Dios, si Enoc ay umiwas sa patuloy na pakikisalamuha sa kanila, at gumugol ng maraming pana- hong nag-iisa, sa pagmumuni-muni at pananalangin. Sa gano'ng paraan siya ay naghintay sa Panginoon, naghahanap ng mas maliwanag na kapahayagan ng kanyang kalooban, upang iyon ay kanyang ma- ganap. Para sa kanya ang panalangin ay tulad sa paghinga ng kaluluwa; siya ay namuhay sa mismong kapaligiran ng langit.

Sa pamamagitan ng mga banal na anghel ay ipinahayag ng Dios kay Enoc ang Kanyang panukala ng gunawin ang sanlibutan sa pamamagitan ng isang baha, at binuksan sa kanya ang marami pang tungkol sa panukala ng pagtubos. Sa pamamagitan ng espiritu ng hula ay Kanyang dinala siya hanggang sa iba't ibang lahi na mabubuhay pagkalipas ng baha, at ipinakita sa kanya ang mga dakilang pangyayari kaugnay ng ikalawang pagdating ni Kristo at ng wakas ng sanlibutan.

Si Enoc ay nagkaroon ng pagkabalisa tungkol sa mga patay.
[96] Inisip niya na ang matuwid at masama ay kapwa magiging alabok at ito ang kanilang magiging kawakasan. Hindi niya makita ang buhay ng matuwid sa kabila lamang ng libingan. Sa isang pangitain tungkol sa hinaharap ay ipinakita sa kanya ang magiging pagkamatay ni Kristo, at ipinakita ang Kanyang pagdating sa kaluwalhatian, kasama ang lahat ng mga banal na anghel, upang tubusin ang Kanyang bayan mula sa libingan. Nakita rin niya ang masamang kalagayan ng sanlibutan sa ikalawang pagdating ni Kristo—na magkakaroon ng maya- bang, mapagkunwari, lahi ng sarili lamang na kalooban, tumatangging sumampalataya sa natatanging Dios at sa Panginoong Jesu-Kristo, niyuyurakan ang kautusan, at minamaliit ang pantubos. Nakita niya ang mga matuwid na may putong ng kaluwalhatian at karangalan, at ang masama ay nalipol mula sa harapan ng Panginoon, at tinupok ng apoy.

Si Enoc ay naging tagapangaral ng katuwiran, ipinapaalam sa mga tao kung ano ang inihayag sa kanya ng Dios. Yaong mga may pag- katakot sa Panginoon ay nagsikap na makita ang banal na taong ito, upang makibahagi sa kanyang pagtuturo at pananalangin. Siya rin ay gumawa para sa madla, dinadala ang mga pabalita ng Dios sa lahat ng makikinig sa mga babala. Ang kanyang paggawa ay hindi limitado sa mga anak ni Set. Sa lupang pinuntahan ni Cain sa pagsisikap niyang makalayo sa Dios, ipinakita ng propeta ng Dios ang mga kahanga-hangang bagay na ipinakita sa kanya sa pangitain. "Narito," kanyang inihayag, "dumating ang Panginoon na kasama ang Kanyang mga laksa-laksang banal, upang isagawa ang paghuhukom sa lahat, at upang sumbatan ang lahat ng masasama sa lahat ng kanilang mga gawang masasama." Judas 14, 15.

Siya ay isang walang takot na tagapaghayag ng kasalanan. Samantalang ipinangangaral niya ang pag-ibig ng Dios na kay Kristo

sa mga tao noon, at nakikiusap sa kanila na iwanan ang kanilang mga masamang gawa, ay inihayag niya ang kanyang galit sa lumalaganap na kasamaan at binababalaan ang mga tao sa kanilang lahi na ang hatol ay tiyak na ipapataw sa makasalanan. Ang Espiritu ni Kristo ang nagsalita sa pamamagitan ni Enoc; ang Espiritung iyon ay nahahayag, hindi lamang sa pagbigkas ng pag-ibig, pakikiramay, at pagsusumamo; hindi lamang malalambot na bagay ang sinalita ng mga banal na lalaki. Inilagay ng Dios sa puso at mga labi ng Kanyang mga lingkod ang mga katotohanang ipapahayag na matalas at nakapuputol tulad sa tabak na may dalawang talim. [97]

Ang kapangyarihan ng Dios na ipinahayag ng mga lingkod ng Dios ay nadama noong mga nakarinig. Ang ilan ay nakinig sa babala at iniwan ang kanilang kasalanan; subalit ang karamihan ay pinagtawanan ang banal na pabalita at higit pang naging walang takot sa kanilang kasamaan. Ang mga lingkod ng Dios ay nagtataglay rin ng gano'ng pabalita sa huling kapanahunan, at ito ay tatanggapin din ng may kawalan ng pananampalataya at may panunuya. Ang mga tao sa sanlibutan bago bumaha ay tumanggi sa mga babala niyaong lumakad na kasama ng Dios. Kaya't gano'n din ang huling lahi ay tatanggi sa mga babala ng mga lingkod ng Dios.

Sa kalagitnaan ng isang buhay na may aktibong paggawa, matatag na iningatan ni Enoc ang kanyang pakikipag-ugnay sa Dios. Habang dumarami at nagiging higit na mabigat ang kanyang mga gawain, nagiging patuloy at marubdob ang kanyang panalangin. Patuloy siyang humihiwalay, sa mga nakatakdang panahon, mula sa sinuman. Matapos makisalamuha sa mga tao, sa paglilingkod sa kanila sa pamamagitan ng pagtuturo at pagbibigay ng halimbawa, siya ay humihiwalay, upang gumugol ng panahong nag-iisa, nagugutom at nauuhaw para doon sa banal na kaalaman na ang Dios lamang ang nakapagkakaloob. Sa gano'ng pakikipag-ugnayan sa Dios, si Enoc ay dumaraing na higit at higit na nakapaghahayag ng banal na huwaran. Ang kanyang mukha ay may ningning ng banal na liwanag, maging ang liwanag na nagniningning sa mukha ni Jesus. Sa paglabas niya sa mga banal na pakikipag-ugnay na ito, maging ang mga banal ay namangha sa bakas ng langit sa kanyang katawan. Ang kasamaan ng tao ay nakarating na sa hangganang ang pagkagunaw ay ipataw sa kanila. Samantalang ang mga taon ay lumilipas, ay higit na lumalala ang baha ng kasamaan ng tao, at higit

na maitim ang namumuong ulap ng banal na hatol. Gano'n pa man si Enoc, ang saksi ng pananampalataya, ay nagpatuloy sa kanyang gawain, nagbababala, nagsusumamo, nalakiusap, nagsisikap na pabalikin ang takbo ng kasalanan at mapigilan ang nakapigil na paghihiganti. Bagaman ang kanyang babala ay winalang halaga ng mga makasalanan, at taong mahilig sa layaw, mayroon siyang pa- totoong sinasang-ayunan ng Dios, at siya ay matapat na nagpatuloy sa pakikipagpunyagi laban sa lumalaganap na kasamaan, hanggang sa siya ay alisin ng Dios mula sa isang sanlibutang makasalanan tungo
[98] sa dalisay na kagalakan ng langit.

Ang mga tao ng kapanahunang yaon ay nagtawa sa kanya na hindi nagsikap magkaroon ng ginto o pilak o magtatag ng mga pagaari dito. Subalit ang puso ni Enoc ay nasa mga walang hanggang kaya- manan. Ang kanyang paningin ay nasa banal na lungsod. Kanyang nakita ang Hari sa Kanyang kaluwalhatian sa gitna ng Sion. Ang kanyang pag-iisip, ang kanyang puso, at ang kanyang sinasalita ay tungkol sa langit. Sa paglala ng kasamaan, ay higit siyang nasasabik sa tahanan ng Dios. Samantalang siya ay narito pa sa lupa, siya ay nanahan, sa pamamagitan ng pananampalataya sa daigdig ng kaliwanagan.

"Mapalad ang mga may malinis na puso: sapagkat makikita nila ang Dios." Mateo 5:8. Sa loob ng tatlong daang taon si Enoc ay nagnasa ng kadalisayan ng kaluluwa, upang siya ay makatugma ng Langit. Sa loob ng tatlong daang taon siya ay lumakad na kasama ng Dios sa lupa. Araw-araw ay nagnasa siya ng malapit na pakikiisa; at ang ugnayan ay lumapit ng lumapit, hanggang sa siya ay kinuha ng Dios. Nakarating siya sa pintuan ng walang hanggang daigdig, isang hakbang na lamang sa pagitan niya at ng tahanan ng mga mapalad; at ngayon ang pinto ay bumukas, ang paglalakad na kasama ng Dios, matagal na ipinagpatuloy dito sa lupa, ay nagpatuloy, at siya ay naka- raan sa pintuan ng banal na lungsod—ang kauna-unahan mula sa mga tao upang makapasok doon.

Ang kanyang pagkawala ay nadama sa lupa. Ang tinig na sa araw- araw ay narinig sa pagbabala at pagtuturo'y di na narinig. Mayroong ilan, kapwa ng mabuti at nang masama ang nakasaksi sa kanyang paglisan; at umaasang maaaring siya ay nagtungo sa ibang dako na kanyang pinagpapahingahan, yaong mga umibig sa kanya ay masikap na naghanap, tulad sa sumunod na naging paghahanap kay

Elias; subalit bali wala. Iniulat nilang siya ay hindi na masumpungan sapagkat siya ay kinuha ng Dios.

Sa pamamagitan ng pagkakapaglipat kay Enoc ang Panginoon ay nagpanukalang magturo ng isang mahalagang liksyon. Mayroong panganib na ang mga tao ay mapahilig sa panglulupaypay, bunga ng kakilakilabot na resulta ng kasalanan ni Adan. Marami ang handa nang magsabi, "Anong pakinabang mayroon sa pagkatakot sa Panginoon at pagsunod sa Kanyang mga patakaran, samantalang isang sumpa ang ipinagdurusa ng lahi, at ang kamatayan ay para sa lahat"? Subalit ang mga aral na ibinigay ng Dios kay Adan, na isinaysay [99]
din ni Set, at pinatunayan ni Enoc, ay pumawi sa kalumbayan at kadiliman, at nagbigay ng pag-asa sa tao, na samantalang sa pamamagitan ni Adan ay nagkaroon ng kamatayan, gano'n din naman sa pamamagitan ng ipinangakong Manunubos ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Ipinipilit ni Satanas na walang gantimpala para sa matuwid, ni parusa para sa masama, at imposible para sa tao ang sumunod sa mga banal na utos. Subalit sa karanasan ni Enoc, ay inihahayag ng Dios na "Siya ang Tagapagbigay ganti sa mga sa Kanya'y nagsisihanap." Hebreo 11:6. Ipinakikita Niya kung ano ang Kanyang gagawin para doon sa mga nag-iingat sa Kanyang mga utos. Ang mga lalaki ay tinuruan na maaaring masunod ang mga utos ng Dios, na samantalang namumuhay sa kalagitnaan ng makasalanan at marumi, magagawa nila, sa pamamagitan ng biyaya ng Dios, ang tanggihan ang tukso, at maging dalisay at banal. Nakita nila sa kanyang halimbawa ang pagiging mapalad ng gano'ng buhay; at ang pagkakakuha sa kanya ay isang patotoo sa katotohanan ng kanyang pahayag tungkol sa kabilang buhay, kabilang ang gantim- palang kagalakan at kaluwalhatian, at walang hanggang buhay para sa tumatalima, at sa paghatol, pagka-aba, at kamatayan para sa suma- salangsang.

Sa pananamapalataya si Enoc "ay inilipat upang huwag niyang makita ang kamatayan;...sapagkat bago siya inilipat ay pinatotohanan sa kanyang siya'y naging kalugod-lugod sa Dios." Hebreo 11:5. Sa kalagitnaan ng isang sanlibutan na sa pamamagitan ng kasalanan ay gugunawin, si Enoc ay namuhay ng isang buhay na gano'n na lamang kalapit sa Dios na siya ay hindi pinahintulutan na mapasa-ilalim ng kamatayan. Ang banal na karakter ng propetang ito ang kumakatawan sa antas ng kabanalan na kinakailangang

maabot noong mga "binili mula sa lupa" (Apoc. 14:3) sa panahon ng ikalawang pagdating ni Kristo. Sa panahong iyon, tulad sa panahon bago ang Baha, ang kasalanan ay iiral. Sa pagsunod sa udyok ng kanilang pusong makasalanan at ang turo ng mangdarayang pilosopiya, ang tao ay mang- hihimagsik sa pamahalan ng Langit. Subalit tulad ni Enoc, ang bayan ng Dios ay magsisikap magkaroon ng dalisay na puso at pagsang- ayon sa Kanyang kalooban, hanggang masinag sa kanila ang pagiging tulad ni Kristo. Tulad ni Enoc, kanilang babalaan ang sanlibutan tungkol sa ikalawang pagdating at tungkol sa hatol sa mga pagsalangsang, at sa pamamagitan ng kani-
[100] lang banal na pakikipag-usap at halimbawa ay kanilang susumbatan ang kasalanan ng hindi kumikilala sa Dios. Kung paanong si Enoc ay inilipat sa langit bago gunawin ang mundo sa pamamagitan ng tubig, gano'n din naman ang mga buhay na matuwid ay inililipat mula sa lupa bago iyon gunawin sa pamamagitan ng apoy. Ayon sa apostol: "Hindi tayong lahat ay ma- ngatutulog, ngunit tayong lahat ay babaguhin, sa isang sandali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng pakakak." "Sapagkat ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at pakakak ng Dios;" "tutunog ang pakakak, at ang mga patay ay mangabubuhay na mag-uli na walang kasiraan, at tayo'y babaguhin." "Ang nangamatay kay Kristo ay unang mangabubuhay na mag-uli: kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpa- kailan man. Kaya't mangagaliwan kayo sa isa't isa ng mga salitang ito." 1 Corinto 15:51, 52; 1
[101] Tesalonica 4:16-18

# Kabanata 7—Ang Baha

Ang kabanatang ito ay batay sa Genesis 6 at 7.

Noong mga panahon ni Noe ay may dalawang sumpa sa lupa bunga ng kasalanan ni Adan at ng pagpatay na isinagawa ni Cain. Gano'n pa man ito ay hindi gaanong nakabago sa hitsura ng kalikasan. Nagkaroon ng katibayan ng pagkabulok, subalit ang lupa ay mayaman pa rin at maganda dahil sa mga kaloob ng Dios. Ang mga gulod ay nakokoronahan ng maririlag na punong kahoy na sumusuporta sa mga sangang baging na hitik ng bunga. Ang maluwang na tila harding kapatagan ay nararamtan ng luntiang mga halaman, at matamis na may bango ng isang libong bulaklak. Ahg mga prutas ay maraming uri, at halos walang sukat ang dami. Ang mga puno ay higit ang kalakihan, kagandahan, at pagkakaangkop ng hitsura kaysa mga puno ngayon; ang kanilang kahoy ay may pinong himaymay at matigas, halos kasing tigas ng bato, at kaunti lamang ang kakulangan sa katibayan. Ginto, pilak, at mahahalagang mga bato ay napakarami.

Ang sangkatauhan ay nagtataglay pa rin ng marami sa una nitong lakas. Kaunti pa lamang na mga lahi ang nakalilipas mula noong si Adan ay manggaling sa punong kahoy na nakapagpapababa ng buhay; at ito ay sinusukat pa sa pamamagitan ng mga daang taon. Kung yaon lamang mga taong iyon na may mahahabang buhay, taglay ang kakaibang kapangyarihan upang magpanukala at magsagawa, ay nag- talaga ng kanilang sarili sa paglilingkod sa Dios, nagawa sana nilang ang pangalan ng kanilang Manlalalang ay isang kapuri-puri sa lupa, at natugunan ang dahilan kung bakit sila ay binigyan ng buhay. Subalit kinaligtaan nilang gawin ito. Marami noong mga higante, malalaki ang hitsura at malalakas, kilala sa katalinuhan, mahusay sa paggawa ng pinaka-mahusay at kahanga-hangang mga gawa; subalit ang kanilang kamalian sa pagpapaubaya sa kasalanan ay katumbas ng kanilang kakayanan at kaalaman.

Pinagkalooban ng Dios ang mga taong ito bago bumaha ng marami at mayayamang mga kaloob; subalit ginamit nila ang Kanyang mga kaloob upang parangalan ang sarili, at ang mga iyon [102] ay gawing sumpa ng pagtutuon ng kanilang pagmamahal sa ipinagkaloob sa halip na sa Nagkaloob. Ginamit nila ang ginto at pilak, ang mahahalagang mga bato, at ang piling kahoy, sa paggawa ng mga tahanan para sa kanilang sarili, at nagsikap mahigitan ang isa't isa sa kagandahan ng kanilang mga tahanan na may mahuhusay na pagkakagawa. Sinikap lamang nilang tugunan ang mga nasa ng mayabang nilang puso. At nagkaroon ng kasiyahan sa mga tagpo ng kalayawan at kasamaan. Hindi nagnanais na papanatilihin ang Dios sa kanilang kaalaman, sila ay kaagad na- tutong tumanggi sa pagkakaroon ng Dios. Sinamba nila ang kalikasan sa halip na ang Gumawa ng kalikasan. Niluwalhati nila ang katalinuhan ng tao, sinamba ang gawa ng sarili nilang mga kamay, at tinuruan ang kanilang mga anak upang yumuko sa mga inanyuang wangis.

Sa mga luntiang parang at sa mga lilim ng magagandang punong kahoy ay nagtayo sila ng mga altar ng kanilang mga diyus-diyusan. Maluluwang na mga kakahuyan, na hindi nawawalan ng dahon sa buong taon, ay itinalaga sa pagsamba sa mga huwad na diyos. Karug- tong ng mga kakahuyang ito ay may magagandang mga hardin, ang kanilang mahahabang, pasikut-sikot na mga daanan na may mga naglambiting mga punong kahoy na may iba't ibang bunga, napapa- lamutian ng rebulto, at nasasangkapan ng lahat ng maaaring makasiya sa pakiramdam o maglingkod sa mga ninanasa ng mga tao, at sa gayon sila'y nagaganyak na makilahok sa pagsamba sa diyus-diyusan.

Inalis ng tao ang Dios mula sa kanilang kaisipan at sinamba ang mga ginawa ng kanilang pag-iisip; at bunga noon, sila ay lalo pang napababa. Ang mang-aawit ay naghayag ng epekto ng pagsamba sa diyus-diyusan. Ang sabi niya, "Ang nagsisigawa sa kanila ay magiging gaya nila; Oo, bawat tumitiwala sa kanila." Mga Awit 115:8. Batas ng kaisipan ng tao ang sa pamamagitan ng pagtingin tayo ay nababago. Ang tao ay tataas ng hindi hihigit sa pagkakaunawa niya sa katotohanan, kadalisayan, at kabanalan. Kung ang pag-iisip ay hindi man lamang maiangat ng higit sa sangkatauhan, kung iyon ay hindi man lamang maitaas sa pamamagitan ng pananampalataya upang pag- isipan ang walang hanggang kaalaman at pag-ibig, ang tao

ay patuloy na malulubog ng pababa ng pababa. Kinakapitan ng mga sumasamba sa huwad na diyus ang kanilang diyus-diyusan ng mga katangian at hilig ng tao, kung kaya ang kanilang pamantayan ng likas ay bumaba na tulad na lamang sa makasalanang sangkatauhan. Bunga noon sila ay naging marumi. "At nakita ng Panginoon na mabigat ang kasamaan ng tao sa lupa, at ang buong haka ng mga [103] pag-iisip ng kanyang puso ay pawang masama lamang na parati.... At sumama ang lupa sa harap ng Dios, at ang lupa ay napuno ng karahasan." Ibinigay ng Dios sa tao ang Kanyang mga utos bilang patakaran ng buhay, subalit ang Kanyang kautusan ay sinuway, at ang bawat maiisip na kasalanan ang ibinunga. Ang kasamaan ng tao ay hayag at mapangahas, ang kahatulan ay niyurakan sa kalupaan, at ang sigaw ng mga naapi ay nakarating sa langit.

Ang pag-aasawa ng higit sa isa ay maagang naipasok, labag sa banal na panukala sa pasimula. Ang Panginoon ay nagbigay kay Adan ng isang asawa, inihahayag ang Kanyang panukala na gano'n. Subalit matapos ang Pagkahulog, pinili ng mga tao ang sumunod sa sarili nilang kagustuhang makasalanan; at bunga noon, ang krimen at kasamaan ay mabilis na dumami. Maging ang relasyong mag-asawa ni ang karapatan sa mga ari-arian ay hindi iginalang. Sinumang nagnasa sa mga asawa o ari-arian ng kanyang kapwa, ay sapilitan iyong kinuha, at ang tao ay nagagalak sa kanilang paggawa ng karahasan. Naging kasiyahan nila ang pagkitil sa buhay ng mga hayop; at ang paggamit ng karne bilang pagkain ay lalo pang nagpabagsik sa kanila at uhaw sa dugo, hanggang sa ituring nila ang buhay na may kataka-takang pagkawalang bahala.

Ang daigdig ay nasa kanyang kamusmusan, gano'n pa man ang kasamaan ay naging gano'n na lamang kalalim at kalaganap na hindi na matiis; at Kanyang sinabi, "Lilipulin ko ang tao na aking nilalang sa ibabaw ng lupa." Kanyang inihayag na ang Kanyang Espiritu ay hindi makikipagpunyagi sa nagkasalang lahi magpakailanman. Kung sila ay hindi titigil sa pagpaparumi sa sanlibutan at sa mga kayamanan noon sa pamamagitan ng kanilang kasalanan, ay papawiin Niya sila mula sa Kanyang mga nilikha, at sisirain ang mga bagay na ikinalugod Niyang ipagpala sa kanila; Kanyang papawiin ang mga hayop sa parang, at ang mga halaman na nagkakaloob ng gano'n karaming pagkain, at ang magandang lupa ay gagawing isang malawak na tanawin ng pangungulila at kasiraan.

Sa kalagitnaan ng lumalaganap na kasamaan, si Matusalem, si Noe, at marami pang iba ang nagpanatiling buhay ang pagkakilala sa tunay na Dios at pumigil sa paglago ng masamang moralidad. Isang daan at dalawampung taon bago ang Baha, ang Panginoon sa pamamagitan ng isang anghel, ay nagpahayag kay Noe ng Kanyang
[104] layunin, at inutusan siyang gumawa ng daong. Samantalang ginagawa ang daong siya ay kinakailangang mangaral na ang Dios ay magpapahatid ng baha sa lupa upang puksain ang mga masama. Yaong mga maniniwala sa pabalita, at maghahanda para sa mangyayaring iyon sa pamamagitan ng pagsisisi at pagbabago, ay makakasumpong ng kapatawaran at maliligtas. Inulit ni Enoc sa kanyang mga anak kung ano ang ipinakita ng Dios sa kanya tungkol sa baha, at si Matusalem at ang kanyang mga anak, na nakapakinig sa pangangaral ni Noe, ay tumulong sa paggawa ng daong.

Ibinigay ng Dios kay Noe ang tiyak na sukat ng daong at ang bawat kaalaman tungkol sa paggawa ng bawat bahagi noon. Ang kaisipan ng tao ay hindi maaaring makapagpanukala ng gano'ng gawain na puspos ng dakilang lakas at katibayan. Ang Dios ang nag- panukala, si Noe ang punong manggagawa. Iyon ay ginawang tulad sa isang barko, upang iyon ay lumutang sa tubig, subalit sa ilang bahagi iyon ay higit na tulad halos sa isang bahay. Iyon ay may tatlong palapag, na may isa lamang pinto, sa tagiliran. Ang liwanag ay nakapapasok mula sa ibabaw, at ang iba't ibang bahagi ay nakaayos upang ang lahat ay maliwanagan. Ang ginamit na kahoy sa paggawa ng daong ay sedro o kahoy na gofer, na hindi maaaring mabulok sa loob ng daan-daang taon. Ang paggawa ng daong na ito ay isang mabagal at nakapapagod na gawain. Sa kalakihan ng mga punong kahoy at tigas ng mga kahoy, noon ay mas maraming gawain ang kinakailangan sa paghahanda ng kahoy kaysa ngayon, kahit na mala- lakas ang mga tao noon. Ang lahat ng magagawa ng tao ay ginawa upang ang daong ay magawang ganap, subalit ang daong sa kanyang sarili ay hindi makakasalunga sa bagyong darating sa lupa. Ang Dios lamang ang makapag-iingat sa kanyang mga lingkod sa kaguluhan ng mga tubig.

"Sa pananampalataya si Noe, nang paunawaan ng Dios tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita, dala ng banal na takot, ay naghanda ng isang daong sa ikaliligtas ng kanyang sambahayan; na sa pamamagitan nito ay hinatulan niya ang sanlibutan, at naging

tagapagmana ng katuwiran na ayon sa pananampalataya." Hebreo
11:7. Samantalang ipinapahayag ni Noe ang kanyang pabalita ng
pagbabala sa sanlibutan, ang kanyang mga ginagawa ay nagpapa-
totoo sa kanyang katapatan. Sa pamamagitan noon ang kanyang
pananampalataya ay naging ganap at hayag. Binigyan ang sanlibu-
tan ng halimbawa ng paniniwala sa kung ano ang sinabi ng Dios. [105]
Lahat ng kanyang tinatangkilik, inilaan niya sa daong. Samantalang [106]
sinisimulan niya ang paggawa sa malaking barkong iyon sa isang
tuyong lupa, karamihan ang nagsidating mula sa bawat panig upang [107]
makita ang kakaibang tanawin at marinig ang natatalaga, at maalab
na pananalita ng nag-iisang mangangaral. Bawat pukpok sa daong
ay isang patotoo sa mga tao.

Sa simula ay tila marami ang tumatanggap sa babala; gano'n pa man sila ay hindi nanumbalik sa Dios na may tunay na pagsisisi. Hindi nila nais talikuran ang kanilang mga kasalanan. Sa mga panahong nagdaan bago dumating ang baha, ang kanilang pananampalataya ay nasubok, at sila ay hindi nakatiis sa pagsubok. Nadaig ng laganap na hindi paniniwala, sa huli ay muli silang sumama sa mga dati nilang kasamahan sa pagtanggi sa banal na pabalita. Ilan ang lubhang tinamaan, at sana ay nakinig na sa mga babala; datapuwat marami ang magtatawa at mangkukutya, na gano'n din ang kanilang nadadama, tinanggihan nila ang paanyaya ng awa, ang pagdaka'y kabilang na rin sa mga pinaka matapang at mapanghamong manlilibak; sapagkat walang higit na walang pag-iingat at nakakarating sa gano'n kasama sa kasalanan gaya ng mga minsan ay mayroong liwanag, subalit tinanggihan ang mapag-anyayang Espiritu ng Dios.

Ang mga tao noong kapanahuhang iyon ay hindi lahat, ayon sa ganap na kahulugan ng salita, na mga sumasamba sa diyus-diyusan. Marami ang nagpapanggap na sumasamba sa Dios. Inaangkin nila na ang kanilang mga diyus-diyusan ay mga larawan ng Dios, at sa pamamagitan ng mga iyon ang mga tao ay nagkakaroon ng mas malinaw na pagkakilala sa Dios. Ang grupong ito ang nangunguna sa pagtanggi sa pabalita ni Noe. Samantalang sinisikap nilang ihayag ang Dios sa pamamagitan ng mga materyal na bagay, ang kanilang mga isipan ay nabulag tungkol sa Kanyang pagiging hari at makapangyarihan, hindi na nila makilala ang kabanalan ng Kanyang likas, ni ang banal, at hindi nababagong likas ng Kanyang mga iniuutos.

Samantalang ang kasalanan ay nagiging laganap, iyon ay nagmistulang tila hindi makasalanan, hanggang sa kanilang sinasabi na ang banal na kautusan ay wala nang bisa; na labag sa likas ng Dios ang magparusa sa kasalanan; at kanilang itinanggi na ang Kanyang paghatol ay ipapataw sa lupa. Kung ang mga tao lamang noong mga kapanahunang iyon ay sumunod sa banal na kautusan, kanila sanang nakilala ang tinig ng Dios sa babala ng Kanyang lingkod;
[108] subalit ang kanilang isip ay lubha nang nabulag sa pamamagitan ng pagtanggi sa liwanag kung kaya't kanilang tunay na pinaniwalaang ang pabalita ni Noe ay isang kasinungalingan.

Hindi marami o nakararanii ang nasa panig ng tama. Ang sanlibutan ay lumalaban sa kahatulan at kautusan ng Dios, at si Noe ay kinilalang isang panatiko. Si Satanas, noong tinutukso si Eva upang sumuway sa Dios, ay nagsabi, "Tunay na hindi kayo mamamatay." Genesis 3:4. Ang mga dakilang tao, makamundo, mararangal, at matatalino, ay gano'n din ang sinabi. "Ang mga babala ng Dios," ayon sa kanila, "ay upang mangtakot lamang, at hindi tunay na magaganap. Hindi kayo dapat mabahala. Ang mga ganoong pangyayari tulad ng pag- gunaw sa sanlibutan sa pamamagitan ng Dios na lumikha noon, at ang pagpaparusa sa mga nilikna Niya, ay hindi kailanman mangyayari. Kayo ay pumayapa; huwag matakot. Si Noe ay isang masidhing panatiko." Ang sanlibutan ay nagtawa sa pagkaloko ng matandang nasisiraan ng bait. Sa halip na papagpakumbabain ang puso sa harap ng Dios, sila ay nagpatuloy sa kanilang pagsalangsang at kasamaan, na parang ang Dios ay hindi nagsalita sa kanila sa pamamagitan ng Kanyang lingkod.

Subalit si Noe ay nanindigang parang isang malaking bato sa gitna ng mga alon. Sa gitna ng laganap na paghamak at pangungutya, ay ibinunyi niya ang kanyang sarili sa pamamagitan ng kanyang banal na karangalan at hindi nanlulupaypay na pagtatapat. Isang kapangyarihan ang napasa kanyang salita, sapagkat iyon ay ang tinig ng Dios sa pamamagitan ng Kanyang lingkod. Ang pagkakaugnay sa Dios ang nagpalakas sa kanya sa lakas ng walang hanggang kapangyarihan, samantalang sa loob ng isang daan at dalawampung taon ang kanyang banal na tinig ng lahing iyon tungkol sa mga mangyayari, na, sa paghatol ng kaalaman ng tao, ay mga mahirap mangyari.

Ang sanlibutan bago bumaha ay nagdahilan na sa loob ng maraming daang taon ang mga batas ng kalikasan ay hindi nagbabago. Ang pabalik-balik na mga panahon ay dumarating ng gano'n palagi. Kailanman ay hindi pa umulan noon; ang lupa ay nadidilig sa pamamagitan ng singaw o hamog. Kailan man ang mga ilog ay hindi pa umapaw, subalit maingat na nadadala ang kanilang mga tubig tungo sa dagat. Hindi mababagong mga kautusan ang nag-iingat upang ang tubig ay huwag umapaw sa mga pampang. Subalit ang mga nagdadahilang ito ay hindi nakababatid sa kamay noong pumipigil sa tubig, at nag- sasabing "Hanggang dito ay darating ka, ngunit [109]
hindi ka na lalagpas." Job 38:11.

Samantalang ang panahon ay lumilipas, na walang nakikitang pag- babago sa kalikasan, ang mga tao na matigas ang mga puso na nanginig sa takot ay muling nagkaroon ng lakas ng loob. Kanilang inisip, gaya ng iniisip ng marami ngayon, na ang kalikasan ay higit sa Dios ng kalikasan, at ang kanilang batas ay gano'n na lamang katatag na maging ang Dios ay hindi magagawang baguhin ang mga iyon. Iniisip na kung ang pabalita ni Noe ay tama, ang kalikasan ay maiaalis sa kanyang landasin, ginawa nila ang pabalitang iyon, sa isipan ng sanlibutan, na isang panlilinlang—isang malaking panloloko. Inihayag nila ang kanilang paghamak sa babala ng Dios sa pamamagitan ng paggawa ng mga ginagawa nila bago ibinigay ang babala. Ipinag- patuloy nila ang kanilang mga kapistahan at ang kanilang mga ma- takaw na pagsasaya; sila'y nagsikain at nagsiinom, nagtanim at nagtayo ng mga gusali, nagpapanukala tungkol sa magiging pakinabang nila sa hinaharap; at sila ay nagpatuloy sa pagpapala pa ng kanilang kasamaan, at sa pagbabaliwala sa mga ipinag-uutos ng Dios, upang magpatotoo na sila ay hindi natatakot sa Isang Walang Hanggan. Kanilang iginiit na kung may anumang katotohanan sa sinabi ni Noe, ang mga kilalang tao—ang mga pantas, matatalino, dakilang mga tao—ay mauunawaan iyon.

Kung ang mga tao lamang noon ay nakinig sa babala, at pinagsisihan ang kanilang mga masasamang gawa, ay maaari sanang naialis ng Dios ang Kanyang galit, tulad sa pangyayari noon sa ginawa Niya sa Ninive. Subalit sa pamamagitan ng kanilang matigas na pagtanggi sa mga pagsumbat sa konsensya at sa babala ng propeta ng Dios, ay napuno ang sukat ng kasamaan ng lahing iyon, at naging handa sa pagkagunaw.

Ang kanilang palugit na panahon ay malapit nang matapos. Matapat na nasunod ni Noe ang mga tagubiling tinanggap niya mula sa Dios. Ang daong ay tapos na sa bahagi ng iniutos ng Panginoon, at pinuno ng pagkain para sa tao at sa hayop. At ngayon ang lingkod ng Dios ay nagsagawa ng kanyang huling dakilang panawagan sa mga tao. May naghihirap na damdaming hindi mabigkas ng salita, pinakiusapan niya silang humanap ng mapagkukublihan samantalang ito ay masu- sumpungan. At minsan pa ay kanilang tinanggihan ang kanyang panawagan, at nagtaas ng kanilang mga tinig sa pag-
[110] tatawa at pangu- ngutya. Hanggang sa bigla na lamang nagkaroon ng katahimikan ang mga nagtatawang karamihan. Iba't ibang uri ng hayop, mula sa pinakamabangis hanggang sa pinakamaamo, ay nakitang dumarating mula sa mga bundok at kagubatan at matahimik na nagtutungo sa daong. Isang ugong tulad ng sa malakas na hihip ng hangin ay narinig, at narito, ang mga ibon ay nagdatingan mula sa iba't ibang panig, ang dami ay nakapagpapadiiim sa himpapawid, at sa isang sakdal na kaayusan sila ay pumasok sa daong. Ang mga hayop ay sumunod sa utos ng Dios, samantalang ang mga tao ay hindi sumu- sunod. Napapatnubayan ng mga anghel, sila ay "nagsidating kay Noe sa sasakyan na dala-dalawa," at ang malilinis na hayop ay pito- pito. Ang sanlibutan ay nanood sa pagkamangha, ang ilan ay sa takot. Ang mga pilosopo ay tinawagan upang bigyan ng paliwanag ang nangyayaring iyon, subalit iyon ay isang hiwagang hindi nila mai- paliwanag. Subalit ang tao ay nagkaroon na ng katigasan sa patuloy na pagtanggi sa liwanag anupa't maging ang pangyayaring ito ay lumikha lamang ng panandaliang impresyon. Samantalang nakikita ng lahing hinatulan ang araw na nagniningning sa kanyang kaluwalhatian, at ang lupa na nababalutan ng kagandahang halos tulad sa Eden, ay pinawi nila ang kanilang takot sa pamamagitan ng maingay na pagsasaya, at sa pamamagitan ng kanilang karanasan ay tila ina- anyayahan nila sa kanilang sarili ang hatol ng nagising ng galit ng Dios.

At ang Dios ay nag-utos kay Noe, "Lumulan ka at ang iyong buong sambahayan sa sasakyan; sapagkat ikaw ay aking nakitang matuwid sa harap ko sa panahong ito." Ang mga babala ni Noe ay tinanggihan ng sanlibutan, subalit ang kanyang impluwensya at halimbawa ay naging pagpapala sa kanyang sambahayan. Bilang gantimpala sa kanyang katapatan at pagkamarangal, ay iniligtas

ng Dios ang lahat ng kanyang sambahayan kasama niya. Isang pampasigla sa pagiging tapat na magulang!

Ang habag ay tumigil sa pagsusumamo sa nagkasalang lahi. Ang mga hayop sa parang at ang mga ibon sa himpapawid ay nakapasok na sa lugar ng kaligtasan. Si Noe at ang kanyang sambahayan ay nasa loob na ng daong, "at ikinulong siya ng Panginoon." Isang kislap ng nagniningning na liwanag ang nakita, at isang ulap ng kaluwalhatian na mas maliwanag kaysa kidlat ang bumaba mula sa langit at tumapat sa pintuan ng daong. Ang malaking pinto, na imposibleng maisara noong mga nasa loob, ay marahang isinara ng [111]
isang kamay na hindi nakikita. Si Noe ay sinarahan sa loob, at ang mga tumanggi sa habag ng Dios ay sinarahan sa labas. Ang tatak ng Langit ay nasa pintong iyon; ang Dios ang nagsara, ang Dios lamang ang makapagbubukas. Gano'n din naman kapag itinigil ni Kristo ang Kanyang pamamagitan sa nagkasalang tao, bago Siya dumating na nasa mga alapaap ng langit, ang pinto ng awa ay isasara. Kung magkagano'n ang biyaya ng Dios ay hindi na pipigil sa kasamaan, at si Satanas ay magkakaroon ng ganap na pangangasiwa doon sa mga nagsitanggi sa kahabagan. Sisikapin nilang puksain ang bayan ng Dios; subalit kung paanong si Noe ay nasarahan sa loob ng daong, gano'n din naman ang mga matuwid ay makukublihan ng banal na kapangyarihan.

Sa loob ng pitong araw matapos na si Noe at ang kanyang sambahayan ay pumasok sa daong, walang anumang tanda ng dumarating na bagyo ang nahayag. Sa panahong ito ang kanilang pananampalataya ay sinusubok. Iyon ay panahon ng pagtatagumpay sa sanlibutang nasa labas. Ang nasasaksihang pagkaantala ay nagpapatotoo sa kanilang paniwala na ang pabalita ni Noe ay isang panlilinlang, at kailan man ay hindi darating ang baha. Sa kabila ng mga dakilang tanawin na kanilang nasaksihan—ang mga hayop at ibon na pumasok sa daong, at ang anghel ng Dios na nagsara ng pinto—sila ay nagpatuloy pa rin sa kanilang paghamak at pagtatawa, pinagtatawanan maging ang mga pahayag na ito ng kapangyarihan ng Dios. Sila ay pangkat-pangkat na nagtipon sa paligid ng daong, tinatawanan ang nasa loob noon na may kaguluhang kailan man ay hindi pa nila nagawa.

Subalit nang ika-walong araw maiitim na ulap ang kumalat sa kalangitan. Doon ay sumunod ang kulog at ang kidlat. Pagdaka'y

nagsimulang pumatak ang malalaking patak ng ulan. Kailan man ay hindi pa nakasaksi ang sanlibutan ng ganito, at ang puso ng mga tao ay sinidlan ng takot. Ang lahat ay palihim na nagtatanong, "Maaari nga kayang si Noe ay tama, at ang sanlibutan ay magwawakas sa pagkagunaw?" Dumilim ng dumilim ang mga langit, at bumilis ng bumilis ang pagbuhos ng ulan. Ang mga hayop ay nagsipagtakbuhan sa kanilang pinaka mabangis na pagkatakot, ang kanilang maiingay na pag-ungol ay tila inihihibik ang sarili nilang kahahantungan at ang kahahantungan ng tao. At "nangasira ang lahat ng bukal na lubhang kalaliman, at ang mga durungawan ng langit ay nabuksan."
[112] Ang tubig ay bumubuhos mula sa mga alapaap na parang buo-buo.

Ang mga ilog ay umapaw at pumuno sa mga lambak. Ang tubig ay pumupuslit mula sa lupa ng gano'n na lamang ang lakas, inihahagis ang malalaking bato paitaas daang-daang piye ang layo, at ang mga ito, sa pagbagsak ay bumabaon sa lupa.

Unang nakita ng mga tao ang pagkawasak ng mga gawa ng kanilang kamay. Ang kanilang magagarang mga gusali at magagandang halamanan at kakahuyan kung saan naroon ang kanilang mga diyus- diyusan, ay pinuksa ng kidlat mulat sa langit, at ang kanilang pagka- guho ay malayo at malawak ang kinalatan. Ang mga altar na kung saan ang mga tao ay iniaalay bilang handog ay ipinagbabagsak, at ang mga sumasamba doon ay nanginig sa kapangyarihan ng buhay na Dios, at sa pagkaalam na ang kanilang kasamaan at pagsamba sa mga diyus-diyusan ang sanhi ng kanilang pagkagunaw.

Samantalang ang bagyo ay tumitindi, ang mga punong kahoy, mga gusali, malalaking mga bato, at lupa ay itinatalsik sa lahat ng direksyon. Ang pagkatakot ng tao at ng hayop ay higit na maaaring mailarawan. Kasabay ng pag-ugong ng bagyo ay maririnig ang hagul- gol ng mga taong hindi nagbigay pansin sa awtoridad ng Dios. Si Satanas mismo, na napilitang manatili sa kalagitnaan ng kaguluhan, ay ikinatakot ang kanyang pananatili. Ikinasiya niyang pangasiwaan ang isang makapangyarihang lahi, at ninais niyang sila ay mabuhay upang isagawa ang kanilang kasamaan at ipagpatuloy ang kanilang panghihimagsik laban sa Hari ng kalangitan. Siya ngayon ay nagsasalita laban sa Dios, pinaparatangan Siya ng pagiging hindi makatarungan at ng kalupitan. Marami sa mga tao, ang tulad kay Satanas, ang lumapastangan sa Dios, at kung kanila lamang magagawa ay inalis na sana nila Siya mula sa Kanyang luklukan ng

kapangyarihan. Ang iba naman ay hindi mailarawan ang pagkatakot, itinataas ang kanilang mga kamay sa daong at nakikiusap na sila ay papasukin. Subalit ang kanilang pagsusumamo ay walang saysay. Ang konsensya sa wakas ay napukaw upang mabatid na mayroong Dios na naghahari sa mga langit. Sila ay mataimtim na tumawag sa Kanya, subalit ang Kanyang pandinig ay hindi nakabukas para sa kanilang pag-iyak. Sa nakakatakot na panahong iyon ay nakita nila na ang pagsalansang sa mga utos ng Dios ang sanhi ng kanilang pagkapahamak. Gano'n pa man, sa takot sa parusa, ay kinilala nila ang kanilang kasalanan, sila ay hindi nakadama ng tunay na pagsisisi, walang pagkamuhi sa masama. Sila ay babalik pa sana sa kanilang pagsuway sa Langit, kung ang hatol ay inalis. Kaya [113]
kapag ang hatol ng Dios ay ihulog sa lupa bago ito wasakifi ng apoy, malalaman ng hindi nagsisisi kung saan at ano ang kanilang kasalanan—ang pagwawalang bahala sa Kanyang banal na kautusan. Gano'n pa man hindi na sila magkakaroon pa ng tunay na pagsisisi higit sa dating sanlibutan ng makasalanan.

Ang ilan sa kawalan ng pag-asa ay nagpilit pumasok sa daong, subalit ang matibay na pagkakagawa ng daong ay nanaig sa kanilang pagsisikap makapasok. Ang ilan ay kumapit sa daong hanggang sa sila ay ipadpad ng mga humahampas na tubig, o ang kanilang pagkakahawak ay napabitaw sa pagkakabunggo sa mga bato o punong kahoy. Ang malaking daong ay yumayanig sa lahat ng bahagi kapag hinahampas ng walang habag na hihip ng hangin at ipinapadpad kung saan-saan. Ang ungol ng mga hayop sa loob ay naghahayag ng kanilang takot at nararamdaman subalit sa gitna ng magulong kapa- ligiran sila ay nagpatuloy na ligtas sa pagkakasakay. Mga anghel na may ganap na lakas ay itinalaga upang iyon ay ingatan.

Ang mga hayop, sa pagkakalantad sa bagyo, ay nagtakbuhan tungo sa tao, na parang umaasang tutulungan sila. Ang iba ay itinali ang kanilang mga anak at ang kanilang sarili sa malalakas na hayop sa pagkaalam na ang mga ito'y mahigpit kumapit sa buhay, at papanhik sa pinakamatataas na dako upang makatakas mula sa tumataas na baha. Ang ilan naman ay itinali ang kanilang sarili sa matataas na punong kahoy sa tuktok ng mga gulod at bundok; subalit ang mga punong kahoy ay nangabunot, at kasama ng mga buhay na nakasakay sa kanila ay nasakluban ng mga alon. Ang mga lugar na tila mapagkukublihan ay isa-isang nilisan. Samantalang

ang tubig ay pataas ng pataas, ang mga tao ay nagtakbuhan tungo sa pinakamatataas na mga bundok. Malimit ang tao at hayop ay magkasamang nagsisikap magkaroon ng matuntungan, hanggang magkakasamang maanod ng baha.

Mula sa pinakamataas na tugatog ang mga tao ay tumanaw sa walang pampang na karagatan. Ang dakilang babala ng lingkod ng Dios ay hindi na isang paksa upang pagtawanan at hamakin. O anong pagkasabik ng mga nangamamatay na makasalanang iyon sa mga pagkakataon na kanilang tinanggihan! Gano'n na lamang ang kanilang pagsusumamo para sa isang oras ng pagkakataon, isa pang pagkakataon ng awa, isang tawag mula sa mga labi ni Noe! Subalit ang matamis na pagtawag ng kaawaan ay hindi na nila maririnig.
[114] Ang pag-ibig, lalo't higit ang kahatulan, ay humihiling na ang hatol ng Dios ay magbigay ng pagpigil sa kasalanan. Ang naghihiganting mga tubig ay umapaw sa pinaka huling matutunguhan, at ang mga nagsitalikod sa Dios ay nangamatay sa maitim na kalaliman.

"Sa pamamagitan ng salita ng Dios...ang sanlibutan noon, na inapawan ng tubig, ay napahamak: ngunit ang sangkalangitan ngayon, at ang lupa, sa pamamagitan ng gayon ding salita, ay iningatang talaga sa apoy, na itinataan sa araw ng paghuhukom at ng paglipol sa mga taong masama." 2 Pedro 3:5-7. Isa pang bagyo ang dumarating. Ang lupa ay muling wawalisin ng nakasisirang galit ng Dios, at ang kasalanan at ang makasalanan ay pupuksain.

Ang mga kasalanang naging sanhi ng paghatol sa sanlibutan na bumaha ay mayroon ngayon. Ang pagkatakot sa Dios ay napawi na mula sa puso ng tao, at ang Kanyang kautusan ay hindi na gaanong pinapansin at kinaiinisan. Ang matinding pagkamakamundo ng panahong iyon ay napapantayan ng nabubuhay sa panahon ngayon. Ang sabi ni Kristo, "Sapagkat gaya ng mga araw bago nagkagunaw, sila'y nagsisikain at nagsisiinom, at nangag-aasawa at pinapapag-aasawa, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa daong, at hindi nila nalalaman hanggang sa dumating ang paggunaw, at sila'y tinangay na lahat; ay gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao." Mateo 24:38, 39. Hindi hinatulan ng Diyos ang mga tao bago nagkagunaw dahilan sa pagkain at pag-inom; Siya ang nagbigay ng saganang bunga ng lupa upang tustusan ang pangangailangan ng kanilang pangangatawan. Ang kanilang kasalanan ay yaong pagtanggap sa mga kaloob na ito na walang pagpapasalamat sa Nagkaloob,

at ang pagpapababa sa kanilang sarili sa pamamagitan ng labis na pagpapakabusog. Makatarungan para sa kanila ang mag-asawa. Ang pag-aasawa sang-ayon sa alituntunin ng Dios; isa ito sa mga unang itinatag Niya. Siya ay nagbigay ng natatanging tagubilin tungkol sa ordinansang ito, dinam- tan ito ng kabanalan at kagandahan; subalit ang mga tagubiling ito ay kinalimutan, at ang kasal ay sinira at kinasangkapan upang pagbigyan ang pagnanasa.

Gano'n din ang nangyayari ngayon. Yaong mga bagay na sa kanilang sarili ay matuwid ay ginagawang labis. Ang panlasa ay pinag- bibigyan ng walang pagpipigil. Ang mga nagpapanggap na mga tagasunod ni Kristo ngayon ay kumakain at umiinom na kasama ng mga lasing, samantalang ang kanilang pangalan ay nananatiling pina- rarangalan sa talaan ng iglesia. Ang kawalan ng pagtitimpi [115] ay nag- papamanhid sa mga kapangyarihang moral at espirituwal at nag- hahanda ng daan tungo sa pagbibigay laya sa mga pagnanasang nag- papababa. Marami ang hindi nakadarama ng kanilang moral na obli- gasyon upang supilin ang panlamang pagnanasa, at sila ay nagiging mga alipin ng kalibugan. Ang mga tao ay nabubuhay para sa layaw; ukol sa sanlibutan at sa buhay lamang na ito. Ang pagkamalabis ay laganap sa lahat ng bahagi ng lipunan. Ang pagka- matapat ay naisa- sakripisyo kapalit ng luho at pagtatanghal. Sila na nagmamadaling yumaman ay sumasalangsang sa kahatulan at nang- aapi sa mahihirap, at ang "mga alipin at kaluluwa" ng tao ay binibili at ipinagbibili pa rin. Pandaraya at pagsusuhol at pagnanakaw ay nangapapatuloy na hindi sinasansala sa matataas at sa mabababang dako. Ang mga paksa ng pahayagan ay puno ng pagpatay—mga krimen na walang pagpa- pahalaga sa dugo at walang kadahi-dahi- lan na parang ang bawat magandang kaisipan ay napawi na. At ang mga kaganapang ito ay gano'n na lamang kalaganap anupa't bihirang-bihirang mapuna o ikagulat. Ang espiritu ng kaguluhan ay lumalaganap sa maraming mga bansa, at ang mga sa tuwi-tuwina'y bumabangon na naghahatid ng takot sa buong sanlibutan ay mga pahayag ng pagpapasiklab ng pagnanasa at pagkawala ng kautusan na, minsang mawala sa kontrol, ay pupuno sa lupa ng kalungkutan at pagkasira. Ang larawan na ibinigay ng Inspirasyon tungkol sa mga tao bago nagkagunaw ay lubos na naglalarawan ng kundisyong mabilis na pinatutunguhan ng makabagong lipunan. Maging ngayon, sa kasalukuyang daang taon, at sa nagpapanggap na Kristianong

lugar, araw-araw ay may krimeng lumalaganap na kasing-itim at kasing-kilabot noong mga naging dating dahilan ng paggunaw sa mga makasalanan noon.

Bago bumaha ay sinugo ng Dios si Noe upang bigyang babala ang sanlibutan, upang ang mga tao ay maakay sa pagsisisi, at nang sa gano'n ay makatakas sa napipintong pagkagunaw. Samantalang ang panahon ng ikalawang pagpapakita ni Kristo ay lumalapit, isinusugo ng Panginoon ang Kanyang mga lingkod na may babala sa sanlibutan upang maghanda sa dakilang pangyayaring iyon. Marami ang nabubuhay na sumusuway sa mga utos ng Dios, ay ngayon Siya sa Kanyang kaawaan ay nananawagan sa kanila upang sumunod sa banal na utos. Ang lahat ng mag-aalis ng kanilang kasalanan sa pamamagitan ng pagsisisi sa Dios at pananampalataya kay Kristo ay
[116] pinapagkalooban ng kapatawaran. Subalit marami ang nakadarama na isang napaka- laking sakripisyo ang kailangan upang maalis ang kasalanan. Sapagkat ang kanilang buhay ay hindi sumasang-ayon sa mga dalisay na prin- sipyo ng moral na pamahalaan ng Dios, tinatanggihan nila ang Kanyang mga babala at hindi kinikilala ang pamamahala ng Kanyang kautusan.

Mula doon sa napakaraming tao noon sa lupa bago nagkabaha, walo lamang ang naniwala at sumunod sa salita ng Dios sa pamamagitan ni Noe. Sa loob ng isang daan at dalawampung taon ang mangangaral ng katuwiran ay nagbabala sa sanlibutan tungkol sa dumarating na pagkagunaw, subalit ang kanyang pabalita ay tinanggihan at hindi pinahalagahan. Magiging gano'n din naman ngayon. Bago dumating ang Tagapagbigay ng utos upang parusahan ang mga hindi sumusunod, ang mga sumasalangsang ay binabalaan upang magsisi, at manumbalik sa kanilang pagtatapat; subalit sa karamihan ang mga babalang ito ay walang halaga. Sang-ayon kay apostol Pedro, "Sa mga huling araw ay magsisiparito ang mga manunuya na may pagtuya, na magsisilakad ayon sa kani-kanilang masasamang pita, at magsisipagsabi, Saan naroon ang pangako ng Kanyang pagparito? sapagkat, buhat nang araw na mangatulog ang mga magulang, ay nanganatili ang lahat ng mga bagay na gaya ng kalagayan nila mula nang pasimulan ang paglalang." 2 Pedro 3:3, 4. Hindi ba natin naririnig ang mga salitang ito, hindi lamang ng mga kilalang hindi maka-Dios, kundi ng maraming gumagamit ng pulpito? "Walang dahilan upang tayo ay mabahala," sigaw nila. "Bago

dumating si Kristo, ang buong sanlibutan ay mahihikayat, at ang katuwiran ay maghahari sa loob ng isang libong taon. Kapayapaan, kapayapaan! nangananatili ang lahat ng mga bagay na gaya ng kalagayan nila mula nang pasimulan ang paglalang. Huwag mabahala ang sinuman sa nakagugulat na pabalita ng mga taong mapagbigay-panakot na mga ito." Subalit ang turong ito tungkol sa isang libong taon ay hindi kasang-ayon ng turo ni Kristo at ng kanilang mga alagad. Itinanong ni Jesus ang mahalagang tanong, "Pagparito ng Anak ng tao, makakasumpong kaya Siya ng pananampalataya sa lupa?" Lucas 18:8. At, gaya ng nakita natin, inihayag Niya na ang kalagayan ng sanlibutan ay magiging tulad sa panahon ni Noe. Tayo ay binabalaan ni Pablo na maaari nating asahang ang kasamaan ay lalago sa paglapit ng wakas: "Hayag na sinasabi ng Espiritu, na sa mga huling panahon ang iba'y magsisitalikod sa pananampalataya, [117] at mangakikinig sa mga espiritung mapanghikayat at sa mga aral ng mga demonyo." 1 Timoteo 4:1. Sinabi ng apostol na "sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib." 2 Timoteo 3:1. At siya ay nagbigay ng isang nakakagulat na listahan ng mga kasalanan na masusumpungan doon sa mga mayroong anyo ng kabanalan.

Samantalang ang panahon ng kanilang palugit ay sumasara, ang mga tao bago bumaha ay nagpakalulong sa mga nakatutuwang libangan at kapistahan. Yaong mga may impluwensya at kapangyarihan ay laan upang panatilihing ang isipan ng mga tao ay mapuno ng layaw at pagsasaya, baka may madala ng huling dakilang babala. Hindi ba natin nakikita ang gano'n na inuulit din ngayon? Samantalang ang mga lingkod ng Dios ay nagpapahayag ng pabalita na ang wakas ng lahat ng mga bagay ay malapit na, ang sanlibutan ay abala sa layaw at mga pagsasaya. May walang patid na nagpapatuloy na kasiyahan na lumikha ng di pagpansin sa Dios at iniiwas ang mga tao mula sa impluwensya ng katotohanan na siya lamang tanging maka- pagliligtas sa kanila mula sa dumarating na paggunaw.

Noong mga panahon ni Noe, ang mga marurunong ay nagpapahayag na imposibleng ang sanlibutan ay magunaw sa pamamagitan ng tubig; gano'n din naman ngayon ay may mga tao ng agham ang nagsasabing ang sanlibutan ay hindi magugunaw sa pamamagitan ng apoy—na ito ay hindi katugma ng batas ng kalikasan. Subalit ang Dios ng kalikasan, ang Lumikha at Nangasiwa sa kanyang mga

batas, ay maaaring gamitin ang ginawa ng Kanyang mga kamay upang ganapin ang Kanyang layunin.

Noong ang mga tanyag at marurunong na tao ay nakapagpatunay nang lubos na imposible para sa sanlibutan ang magunaw sa pamamagitan ng tubig, noong ang takot ng mga tao ay natahimik, noong ang itinuturing ng lahat ang hula ni Noe bilang isang panlilinlang, at itinuring siya bilang isang panatiko—noon nangyari na ang panahon ng Panginoon ay dumating. "Ang lahat ng bukal ng lubhang kala- liman" ay "nangasira," at ang mga manunuya ay nangalunod sa baha. Kasama ang lahat ng kanilang ipinagmamalaking pilosopiya, huli na nang masumpungan ng tao na ang kanilang karunungan ay kamang- mangan, na ang Tagapagbigay ng utos ay higit na dakila kaysa sa batas ng kalikasan, at ang Makapangyarihan sa Lahat ay hindi nagagahol sa pagsasakatuparan ng Kanyang mga layunin. "At
[118] kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Noe," "gayon din naman ang mangyayari sa araw na ang Anak ng tao ay mahayag." Lucas 17:26, 30. "Datapuwat darating ang araw ng Panginoon na gaya ng magnanakaw; na ang sangkalangitan sa araw na iyan ay mapaparam na kasabay ng malaking ugong at ang mga bagay sa langit ay mapu- pugnaw sa matinding init, at ang lupa at ang mga gawang nasa lupa ay pawang masusunog." 2 Pedro 3:10. Kapag ang pangangatuwiran ng pilosopiya ay nakapagpaalis ng takot tungkol sa paghuhukom ng Dios; kapag ang mga pinuno ng relihiyon ay nagtuturo tungkol sa mahahabang panahon ng kapayapaan at pag-unlad, at ang sanlibutan ay maging abala ng tungkol sa hanap-buhay at paghanap ng kasiyahan, nagtatanim at nagtatayo, nagpipiyesta at nagpapakasaya, tinatanggihan ang mga babala ng Dios at kinukutya ang Kanyang mga lingkod— kung magkagayon ay biglang darating ang pagkawasak sa kanila, at sila'y hindi mangakatatanan. 1
[119] Tesalonica 5:3.

# Kabanata 8—Pagkalipas ng Baha

Ang kabanatang ito ay batay sa Genesis 7:20 hanggang 9:17..

Labing limang siko ang lalim na inihigit ng tubig sa pinakamataas na bundok. Malimit inaakala ng sambahayang nasa daong na sila'y mamamatay, samantalang sa loob ng limang buwan ang kanilang daong ay ipinaghahampasan, na tila nasa kaawaan na lamang ng hangin at ng alon. Iyon ay lubos na nakasusubok; subalit ang pananampalataya ni Noe ay hindi nanlupaypay, sapagkat mayroon siyang kasiguruhan na ang banal na kamay ang nasa timon ng sasakyan.

Samantalang ang tubig ay nagpapasimulang bumababa, pinapang- yari ng Panginoon na ang daong ay mapadpad sa isang dakong naiingatan ng mga bundok na iningatan ng Kanyang kapangyarihan. Ang mga bundok na ito ay tigkakaunti lamang ang layo mula sa isa't isa, at ang daong ay uminog sa matahimik na lugar na ito, at hindi na napadpad sa malalalim na mga karagatan. Ito ay nagbigay ng kagin- hawahan sa mga pagod at nalulang mga nakasakay.

Si Noe at ang kanyang sambahayan ay matamang naghintay sa paghupa ng tubig, sapagkat kinasasabikan na nilang humayo na namang muli sa lupa. Apat na pung araw mula nang matanaw ang mga tuktok ng bundok, sila ay nagsugo ng isang uwak, isang ibon na may malakas na pang-amoy, upang alamin kung ang lupa ay natuyo na. Ang ibong ito, nang walang masumpungang kahit ano kundi tubig ay nagpatuloy ng pagpaparoon at parito mula sa daong. Maka- lipas ang pitong araw isang kalapati ang isinugo, na, noong walang madapuan, ay nagbalik sa daong. Si Noe ay naghintay ng pitong araw, at muli ay isinugo ang kalapati. Nang iyon ay bumalik kinaha- punan na may dalang dahon ng olibo sa kanyang tuka, ay nagkaroon ng malaking kagalakan. Pagkalipas noon "inalis ni Noe ang takip ng sasakyan at tumanaw siya, at, narito't ang ibabaw ng lupa ay tuyo." Patuloy siyang naghintay ng may pagtitiis sa loob ng

daong. Kung papaanong siya ay pumasok sa utos ng Panginoon, siya ay naghintay sa natatanging pahayag upang lumabas.

Sa wakas isang anghel ang bumaba mula sa langit, binuksan
[120] ang malaking pinto, at pinahayo ang patriarka at ang kanyang sambahayan sa lupa kasama ang bawat may buhay. Sa kagalakan sa kanilang pagka- kalabas hindi ni Noe kinalimutan Siya na sa pamamagitan ng Kanyang pangangalaga sila ay naingatan. Ang una niyang ginawa pagkalabas ng daong ay ang magtayo ng altar at magalay mula sa bawat uri ng malilinis na hayop at ibon ng isang hain, sa gano'ng paraan ay inihahayag ang kanyang pagpapasalamat sa Dios sa pagliligtas at ang kanyang pananampalataya kay Kristo, ang dakilang hain. Ang handog na ito ay kalugud-lugod sa Panginoon; at isang pagpapala ang naging bunga, hindi lamang para sa patriarka at sa kanyang sambahayan, kundi sa lahat ng mabubuhay sa lupa. "At sinamyo ng Panginoon ang masarap na amoy; at nagsabi ang Panginoon sa sarili, Hindi Ko na muling susumpain ang lupa, dahil sa tao.... Samantalang ang lupa ay lumalagi ay hindi maglilikat ang paghahasik at pag-aani, at ang lamig at ang init, at ang tag-araw at tagginaw, at ang araw at gabi." Narito ang isang aral sa lahat ng sumusunod na lahi. Si Noe ay lumabas sa isang sirang lupa, subalit bago gumawa ng bahay para sa kanyang sarili siya ay nagtayo ng isang altar para sa Dios. Ang bilang ng kanyang alagang hayop ay kakaunti, at iningatang may kahirapan; ganoon pa man siya ay nagbigay ng bahagi noon sa Panginoon bilang pagkilala na ang lahat ay sa Panginoon. Sa gano'ng ding paraan kinakailangang unahin natin ang pagbibigay ng ating malayang handog sa Dios. Ang bawat pagpapahayag ng Kanyang kaawaan at pag-ibig ay kinakailangang mapasalamatan, kapwa sa pamamagitan ng pagtatalaga at pagbibigay ng mga kaloob para sa Kanyang gawain.

Upang ang mga namumuong ulap at ang pag-ulan ay hindi maghatid ng nagpapatuloy na pagkatakot, sa isa pang baha, pinasigla ng Panginoon ang sambahayan ni Noe sa pamamagitan ng isang pangako: "Aking pagtitibayin ang Aking tipan sa inyo;...ni hindi na magkakaroon pa ng bahang gigiba sa lupa.... Ang Aking bahaghari ay inilalagay Ko sa alapaap, at siyang magiging tanda ng tipan Ko at ng lupa. At mangyayari, pagka Ako'y magbababa ng isang alapaap sa ibabaw ng lupa, na makikita ang bahaghari sa alapaap.... At Aking

mamasdan upang Aking maalaala, ang walang hanggang tipan ng Dios at ng bawat kinapal na may buhay."

Anong dakilang pagpapakababa ng Dios at ang Kanyang kaawaan sa Kanyang mga nagkasalang nilikha sa ginawang paglala-gay ng ma- gandang bahaghari sa mga alapaap bilang tanda ng Kanyang pakikipagtipan sa tao! Inihayag ng Dios na kung Kanyang [121] mamasdan ang mga bahaghari, ay aalalahanin Niya ang Kanyang tipan. Ito ay hindi nangangahulugan na Siya ay makakalimot; sub-alit Siya ay nagsasalita sa atin sang-ayon sa ating wika, upang higit nating maunawaan Siya. Layunin ng Dios na kung ang mga anak pagkalipas ng maraming henerasyon ay magtanong kung ano ang kahulugan ng maluwalhating balantok na nasa kalangitan, ay isas-aysay ng kanilang mga magulang ang tungkol sa Baha, at sasabihan sila na ang Kataas-taasan ang nagbaluktot at naglagay ng balantok na iyon at inilagay iyon sa mga ulap bilang pagpapatotoo na kailan man ang mga tubig ay hindi na muling aapaw sa lupa. Kung kaya mula sa isang lahi hanggang sa isang lahi ay magpapatotoo iyon ng tungkol sa pag-ibig ng Dios sa tao at magpapalakas ng kanyang pagtitiwala sa Dios.

Sa langit ang tulad sa isang bahaghari ang nakapaligid sa trono at nakabalantok sa ulonan ni Kristo. Sang-ayon sa propeta, "Kung paano ang anyo ng bahaghari na nasa alapaap sa kaarawan ng ulan, gayon ang anyo ng kinang sa kapaligiran. Ito ang anyo ng kaluwal-hatian ng Panginoon." Ezekiel 1:28. Inihayag ng rebelador, "Narito, may isang luklukang nalalagay sa langit, at sa ibabaw ng luklukan ay may isang nakaupo.... Naliligid ng isang bahaghari na tulad sa anyo na isang esmeralda." Apocalipsis 4:2, 3. Kapag ang tao sa pamamagitan ng kanyang maikling kasalanan ay nag-anyaya ng paghatol ng Dios, ang Tagapagligtas, na namamagitan sa Ama para sa kanya, ay ituturo ang bahaghari sa mga alapaap, sa bahaghari na nasa paligid ng trono at sa ibabaw ng kanyang ulonan, bilang tanda ng kaawaan ng Dios sa makasalanang nagsisisi.

Sa katiyakang ibinigay kay Noe tungkol sa Baha, ang Dios rin ay nag-uugnay ng isa sa pinakamahalagang pangako ng Kanyang biyaya: "Kung paanong Ako'y sumumpa, na ang tubig sa panahon ni Noe ay hindi na aahon pa sa lupa, gayon Ako'y sumumpa na hindi ako mag- iinit sa iyo, o sasaway sa iyo. Sapagkat ang mga bundok ay manga- papaalis, at ang mga burol ay mangapapalipat;

ngunit ang Aking kagandahang loob ay hindi hihiwalay sa iyo, o ang Akin mang tipan ng kapayapaan ay maaalis, sabi ng Panginoon na naaawa sa iyo." Isaias 54:9, 10.

Samantalang minamasdan ni Noe ang mga hayop na maninila na lumalabas sa daong na kasama niya, ipinangamba niya na ang kanyang sambahayan, na mayroon lamang walong katao, ay malipol
[122] nila.

Subalit ang Panginoon ay nagsugo ng anghel para sa Kanyang lingkod na may pabalitang nagbibigay ng katiyakan: "Ang takot sa inyo at sindak sa inyo ay mapapasa bawat hayop sa lupa, at sa bawat ibon sa himpapawid; lahat ng umuusad sa lupa, at lahat ng isda sa dagat, ay ibinibigay sa inyong kamay. Bawat gumagalaw na nabubuhay ay magiging pagkain ninyo; gaya ng mga sariwang pananim na lahat ay ibinibigay ko sa inyo." Bago ang panahong ito ang Dios ay hindi nagbigay ng pahintulot sa tao upang kumain ng pagkaing hayop; sinadya niyang ang lahi ay mabuhay sa pamamagitan lamang ng ibinubunga ng lupa; subalit ngayon na ang bawat halaman ay nasira, pinahintulutan Niya silang kumain ng karne ng malilinis na hayop na naingatan sa daong.

Ang buong balat ng lupa ay nabago sa Baha. Isang pangatlong sumpa ang nakapataw dito bunga ng kasalanan. Samantalang ang tubig ay nagpapasimulang humupa, ang mga gulod at mga bundok ay napapalibutan ng maluwang, at magulong karagatan. Sa lahat ng dako ay may napahampas na bangkay ng tao at ng hayop. Hindi ipahihintulot ng Panginoon na ang mga yaon ay mabulok at ma- ngamoy, kayat ginawa Niyang isang malawak na libingan ang lupa. Isang malakas na hanging pinahihip upang tuyuin ang mga tubig, ang kumilos sa kanila ng may kalakasan, sa ibang pagkakataon ay tinatangay pad ang ibabaw ng mga bundok at itinatambak ang mga punong kahoy, mga bato, at lupa sa ibabaw ng mga bangkay. Sa gano'n ding paraan ang mga pilak at ginto, ang mga piling kahoy at mahahalagang mga bato, na nagpayaman at nagpaganda sa sanlibutan bago bumaha, na noon ay sinamba ng mga nanirahan sa lupa, ay ikinubli mula sa paningin at paghahanap ng tao, ang malakas na pagkilos ng mga tubig na nagtatambak ng lupa at mga bato sa mga kayamanang ito, at sa ibang dako ay bumubuo ng mga bundok sa ibabaw nila. Nakita ng Dios na samantalang Kanyang pinayayaman at pinauunlad ang makasalanang tao, ay pinalalala naman nila ang

kasiraan ng kanilang mga lakad sa harap Niya. Ang mga kayamanan na sana'y nag-akay sa kanila upang luwalhatiin ang masaganang Tagapagkaloob ay sinamba, samantalang ang Dios ay nalapastangan at tinalikuran.

Ang lupa ay naghayag ng kaguluhan at kasiraang hindi mailalarawan. Ang mga bundok, na dati'y maganda sa kanilang sakdal na pagka- kaangkop, ay naging wasak at hindi na angkop. Ang mga bato, ungos ng bato, at baku-bakong mga bato ngayon [123] ay nakakalat sa ibabaw ng lupa. Sa maraming mga lugar ang mga burol at bundok ay nangawala, na walang iniwang bakas kung saan sila dating naroroon; at ang mga kapatagan ay naging lugar ng mga bundok. Ang mga pagbabagong ito ay higit na hayag sa ibang lugar kaysa sa iba. Kung saan dati ay kinaroroonan ng mga kayamanan ng lupa na ginto, pilak, at maha- halagang bato, ay nakita ang pinaka-malaking tanda ng sumpa. At sa mga bansa na dati'y hindi tinitirhan, at kung saan ay nagkaroon ng pinakakaunting krimen, ang sumpa ay kaunti lamang.

Sa panahong ito malawak na kagubatan ang nalibing. At ang mga ito mula noon ay naging uling, na siyang bumubuo ng malalawak na kinaroroonan din ng maraming langis. Malimit ang uling at langis ay nagdidikit at nasusunog sa ilalim ng lupa. Sa ganoong paraan ang mga bato ay nag-iinit, ang batong apog ay nasusunog, at ang kinaroroonan ng bakal ay natutunaw. Ang paglapat ng tubig sa apog ay nagdadagdag ng lakas sa matinding init, na nagiging sanhi ng mga lindol, bulkan, at mga apoy na lumalabas. Samantalang ang apoy at tubig ay napapadikit sa mga unos ng bato at ng ore, nagkakaroon ng matinding pagsabog sa ilalim ng lupa, na parang pinatahimik na kulog. Ang hangin ay mainit at nakapipigil ng paghinga. Sumusunod ang pagputok ng bulkan; at ito sa pagkabigong makapagbigay daan sa mga nag-iinit na elemento, ang lupa mismo ay nanginginig, ang lupa ay natitipon at tumataas tulad ng mga alon ng dagat, nagkakaroon ng malalaking tibag, at minsan mga lungsod, mga nayon, at nasusunog na mga bundok ay nalalamon. Ang mga kamangha-manghang kaganapang ito ay higit at higit pang magiging madalas at malala kaysa bago dumating ang mismong panahon ng ikalawang pagdating ni Kristo at ang wakas ng sanlibutan, bilang mga tanda ng mabilis niyaong pagkawasak.

Ang mga kalaliman ng lupa ang arsenal ng Panginoon, kung saan kinukuha ang mga sandatang gagamitin sa paggunaw ng sanlibutan. Ang mga tubig na lumalabas mula sa lupa ay sumama sa tubig mula sa langit upang ganapin ang paggunaw. Mula noong Baha, ang apoy gano'n din ang tubig ay naging mga kasangkapan ng Dios sa pagpuksa sa masasamang lungsod. Ang mga kahatulang ito ay ipinadadala upang yaong mga nagwawalang bahala sa kautusan ng Dios at yumuyurak sa Kanyang kapamahalaan ay maakay upang magkaroon ng takot sa Kanyang kapangyarihan at upang tanggapin
[124] ang Kanyang maka- tuwirang pamamahala. Samantalang minamasdan ng tao ang nagliliyab na mga bundok na bumubuhos ng apoy at baga at pag-agos ng lahar, tinutuyo ang mga ilog, tinatabunan ang malalaking mga lungsod, at sa lahat ng dako ay nagkakalat ng paninira at pag-kawasak, ang pina- kamatapang na puso ay mapupuno ng takot, at ang mga hindi naniniwala sa Dios at ang mga mamumusong ay napilitang kumilala sa walang hanggang kapangyarihan ng Dios.

Ang sabi ng mga propeta noong una, tungkol sa ganitong pangyayari: "Oh buksan Mo sana ang langit, na Ikaw ay bumaba, na ang mga bundok ay gumuho sa Inyong harapan, gaya ng kung nililiyaban ng apoy ang siitan, at ng kung pinakukulo ng apoy ang tubig; upang ipakilala ang Iyong pangalan sa Iyong kaaway, upang ang mga bansa ay manginig sa Iyong harapan! Nang Ikaw ay gumawa ng mga kakila- kilabot na bagay na hindi namin hinihintay, Ikaw ay bumaba, ang mga bundok ay gumuho sa Iyong harapan." Isaias 64:1-3. "Ang daan ng Panginoon ay sa ipu-ipo at sa bagyo, at ang mga ulap ay siyang alabok ng Kanyang mga paa. Kanyang sinaway ang dagat, at tinuyo ang lahat ng ilog." Nahum 1:3,4.

Higit pang kakilakilabot ang mangyayaring hindi pa kailan man nasaksihan, ang masasaksihan sa ikalawang pagdating ni Kristo. "Ang mga bundok ay nanginginig dahil sa Kanya, at ang mga burol ay nangatutunaw; at ang lupa'y lumilindol sa Kanyang harapan, oo, ang sanlibutan, at ang lahat na nagsisitahan dito. Sino ang makatatayo sa harap ng Kanyang pagkagalit? at sino ang makatatahan sa kabangisan ng Kanyang galit?" Nahum 1:5, 6. "Ikiling Mo ang Iyong mga langit, Oh Panginoon, at bumaba Ka: hipuin Mo ang mga bundok at mag- sisiusok. Maghagis ka ng kidlat, at pangalatin

Mo sila; suguin Mo ang Iyong mga pana at lituhin Mo sila." Mga Awit 144:5, 6.

"At magpapakita Ako ng mga kababalaghan sa langit sa itaas, at mga tanda sa lupa sa ibaba, dugo at apoy, at singaw ng usok." Gawa 2:19. "At nagkaroon ng mga kidlat, at mga tinig, at mga kulog; at nagkaroon ng malakas na lindol, na di nangyari kailan man mula nang magkatao sa lupa, isang lindol na lubhang malakas, lubhang kakila-kilabot." "At tumakas ang bawat pulo, at ang mga bundok ay hindi nangasumpungan. At malaking graniso na kasing laki ng talento ay lumagpak sa mga tao buhat sa langit." Apocalipsis 16:18, 20, 21.

Samantalang ang mga kidlat mula sa langit ay nakakasama ng apoy na nasa lupa, ang mga bundok ay magliliyab na parang hurno, at magbububo ng kakila-kilabot na agos ng lahar, tinatabunan ang [125]
mga hardin at bukid, nayon at mga lungsod. Ang kumukulong mga ele- mento na napatapon sa mga ilog ay magpapakulo sa mga tubig, naghahatid ng malalaking bato sa paraang hindi mailarawan at ikina- kalat ang mga nangababasag sa kanila sa lupain. Ang mga ilog ay mangatutuyo. Ang daigdig ay manginginig; sa lahat ng dako ay magkakaroon ng kakila-kilabot na lindol at mga pagputok.

Sa gano'ng paraan ay lilipulin ng Dios ang mga masama mula sa lupa. Subalit ang mga matuwid ay maiingatan sa kalagitnaan ng mga kaguluhang ito, kung paanong si Noe ay naingatan sa daong. Ang Dios ang kanilang dakong kanlungan, at sa ilalim ng Kanyang mga pakpak sila'y magtitiwala. Sabi ng mang-aawit: "Iyong ginawa ang Kataas-taasan "Sapagkat ikaw, Oh Panginoon, ay aking kanlungan!" Iyong ginawa ang kataas-taasan na iyong tahanan; walang kasamaang mangyayari sa iyo." Mga Awit 91:9, 10. "Sapagkat sa kaarawan ng kabagabagan ay iingatan Niya ako na lihim sa Kanyang kulandong: sa kublihan ng Kanyang tabernakulo ay ikukubli Niya ako." Mga Awit 27:5. Ang pangako ng Dios ay, "Sapagkat Kanyang inilagak ang Kanyang pag-ibig sa akin, kaya't iniligtas Ko siya: Aking ilalagay siya sa mataas, sapagkat kanyang naalaman ang pangalan Ko." Mga Awit 91:14. [126]

# Kabanata 9—Ang Literal na Sanlinggo

Tulad sa Sabbath, ang sanlinggo ay nagsimula sa paglalang, at ito ay naingatan at nakarating sa atin sa pamamagitan ng kasaysayan sa Banal na Kasulatan. Ang Dios mismo ang nagbigay ng kahabaan ng unang sanlinggo bilang halimbawa ng mga susunod na sanlinggo hanggang sa matapos ang panahon. Tulad ng bawat ibang sanlinggo, ito ay binubuo ng pitong literal na araw. Ang anim na araw ay ginamit sa paglalang; sa ika-pito, ang Dios ay nagpahinga, at binasbasan ang araw na ito at ibinukod bilang araw ng kapahingahan para sa tao.

Sa kautusang ibinigay sa Sinai, ay kinilala ng Dios ang sanlinggo, at ang mga katibayang pinagbabatayan nito. Matapos maibigay ang utos na, "Alalahanin mo ang araw ng Sabbath upang ipangilin," at nabanggit kung ano ang nararapat gawin sa loob ng anim na araw, at ano ang hindi maaaring gawin sa ika-pitong araw, binanggit Niya ang dahilan sa gano'ng pagtupad sa sanlinggo, sa pamamagitan ng pagbibigay pansin sa sarili Niyang halimbawa: "Sapagkat sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nangaroon, at nagpahinga sa ikapitong araw; na ano pa't pinagpala ng Panginoon ang araw ng Sabbath, at pinakabanal." Exodo 20:8-11. Ang dahilang ito ay nagiging maganda at may bisa kung nauunawaan natin ang mga araw ng paglalang bilang literal. Ang unang anim na araw ng bawat sanlinggo ay ibinigay upang igawa, sapagkat ginamit ng Dios ang mga panahong yaon ng unang sanlinggo sa gawain ng paglalang. Sa ika-pitong araw ang tao ay kinakailangang magpahinga, bilang paggunita sa pamamahinga ng Manlalalang.

Subalit ang pagpapalagay na ang mga pangyayari noong unang sanlinggo ay nangailangan ng libu-libong mga taon, ay nagpapaalis sa mismong pundasyon ng ikaapat na utos. Inihahayag noon ang Manlalalang na nag-uutos na tuparin ang literal na mga araw ng sanlinggo sa pag-alaala sa mahaba, at di matiyak ang habang mga
[127] panahon. Iyon ay hindi katulad ng Kanyang paraan ng pakikitungo

sa Kanyang nilalang. Ginagawa noong hindi tiyak at malabo ang ginawa Niyang malinaw. Iyon ay isang kawalan ng paniniwala na nasa sukdulan at pinakamapanganib na anyo; ang tunay na likas noon ay nakakubli ng gano'n na lamang at iyon ay itinuturo ng marami na nagsasabing sila ay naniniwala sa Banal na Kasulatan.

"Sa pamamagitan ng salita ng Panginoon ay nayari ang mga langit; at lahat ng natatanaw roon ay sa pamamagitan ng hinga ng kanyang bibig." "Sapagkat Siya'y nagsalita, at nangyari; Siya'y nag-utos at tumayong matatag." Mga Awit 33:6, 9. Ang Banal na Kasulatan ay walang binabanggit na mahahabang panahon kung saan ang sanlibutan ay dahan-dahang nabuo mula sa kaguluhan. Sa bawat magkakasunod na araw ng paglalang, ang banal na aklat ay nagpapahayag na iyon ay binubuo ng umaga't hapon, gaya ng ibang mga araw na nagsisunod. Sa pagtatapos ng bawat araw ay binabanggit ang resulta ng nagawa ng Manlalalang. Ang pahayag ay binanggit sa pagtatapos ng tala tungkol sa unang sanlinggo, "Ito ang pinangyarihan ng langit at ng lupa, nang likhain noong araw." Genesis 2:4. Subalit ang mga ito ay hindi naghahatid ng kaisipan na ang mga araw ng paglalang ay hindi literal. Ang bawat araw ay tinutukoy na pinangyarihan, sapagkat doon ay may pinapangyari ang Dios, o nagawa, mga bagong bahagi ng Kanyang ginagawa.

Ang mga geologists ay nagsasabing nakasumpong ng katibayan mula sa lupa mismo na iyon ay mas matanda kaysa inihahayag sa tala ni Moises. Mga buto ng tao gano'n din ng hayop, mga gamit sa pakiki- pagdigma, nabulok na punong kahoy, at iba pa na higit ang laki sa mga nananatili ngayon, o sinasabing nanatili sa loob ng libu-libong taon, ay nasumpungan, at mula doon ay sinasabing ang lupa ay may nakatira na bago dumating ang panahong inihahayag sa tala ng paglalang, at ang mga iyon ay isang lahi ng mga taong higit ang laki sa sinumang tao na nabubuhay ngayon. Ang gano'ng pagpa-palagay ay nag-aakay sa maraming mananampalataya sa Biblia upang isipin na ang mga araw ng paglalang ay mahaba, at di nasusukat na mga panahon.

Subalit hiwalay sa kasaysayan sa Banal na Kasulatan ang geology ay walang anumang mapatutunayan. Yaong mga nag-iisip ng gano'n na lamang batay sa mga nasumpungan ay walang sapat na kaalaman tungkol sa laki ng mga tao, hayop, at punong kahoy, bago nagkaroon ng Baha, o tungkol sa malaking pagbabago na

[128] naganap noon. Ang mga nasumpungan sa lupa ay nagbibigay ng katibayan tungkol sa mga kaibahan ng kalagayan ng bagay noon sa kasalukuyan, subalit ang panahon kung kailan naganap ang gano'ng kalagayan ay matu- tutunan lamang mula sa Banal na Kasulatan. Sa kasaysayan ng Baha, ipinaliwanag ng inspirasyon ang isang bagay na kung iiwan sa geology lamang ay hindi maaaring mabatid. Noong kapanahunan ni Noe, ang mga tao, hayop, at puno, na higit na malalaki sa mga nananatili ngayon ay nangatabunan, at sa gano'n ay naingatan upang maging katibayan sa mga huling lahi na ang mga tao noon ay nagunaw sa pamamagitan ng isang baha. Isinaayos ng Dios upang ang pagka- katuklas sa mga bagay na ito ay makapagpatibay ng pananampalataya sa kasaysayang kinasihan; subalit ang mga taong may maling kaisipan, ay nahuhulog sa gano'n ding pagkakamali na kinahulugan ng mga tao bago ang baha—ang mga bagay na ibinigay ng Dios upang mapa- kinabangan nila, ay ginagawa nilang isang sumpa sa pamamagitan ng maling paggamit sa mga iyon.

Isa sa mga pakana ni Satanas ang akayin ang mga tao upang tanggapin ang mga kabulaanan ng mga di-sumasampalataya; sapagkat sa pamamagitan noon ay maaari niyang mapalabo ang kautusan ng Dios, na malinaw naman, at mapalakas ang loob ng tao sa paghihimagsik laban sa banal na kapamahalaan. Ang kanyang pagsisikap ay bukod tanging nakaukol laban sa ikaapat na utos, sapagkat iyon ay malinaw na nagbibigay pansin sa buhay na Dios, ang Maygawa ng mga langit at ng lupa.

Mayroong nagpapatuloy na pagsisikap upang ipahayag ang paglalang bilang bunga ng mga natural na sanhi; at ang kaisipang ito ng tao ay tinatanggap maging ng mga Kristiano, labag sa malinaw na katibayan sa Banal na Kasulatan. Marami ang tumututol sa pag- sasaliksik ng mga hula, lalung-lalo. na noong kay Daniel at ng Apocalipsis, na sinasabing ang mga iyon ay mahirap unawain; subalit ang mga tao ding iyon ang mabilis na tumatanggap sa mga haka ng mga geologists, kontra sa itinala ni Moises. Subalit kung ang inihayag ng Dios ay gano'n na lamang kahirap unawain, lubhang hindi maka- tuwiran ang tanggapin ang pawang mga haka tungkol sa mga bagay na hindi Niya inihayag!

"Ang mga bagay na lihim ay nauukol sa Panginoon nating Dios: ngunit ang mga bagay na hayag ay nauukol sa atin at sa ating mga

anak magpakailan man." Deuteronomio 29:29. Kung paano ng Dios isinakatuparan ang paglalang ay hindi inihayag kailan man [129] sa tao; hindi mauungkat sa pamamagitan ng agham ang mga lihim ng Kataas- taasan. Ang Kanyang kapangyarihan sa paglalang ay di-kayang unawain tulad ng Kanyang pananatili.

Pinahintulutan ng Dios na magkaroon ng pagbubuhos ng liwanag sa agham at sining; subalit kung ang mga nagpapanggap na siyentipiko ay manghahawak sa mga paksang ito mula lamang sa pawang pananaw ng tao, sila ay tiyak na hahantong sa mga maling pahayag. Maaaring walang masama sa pagpapalagay ng higit sa ipinapahayag ng salita ng Dios, kung ang ating mga palagay ay hindi sumasalungat sa mga katotohanang masusumpungan sa Banal na Kasulatan; subalit yaong mga tumatalikod sa Salita ng Dios, at nagsisikap ipaliwanag ang Kanyang paglalang batay lamang sa mga tuntunin ng agham, ay napapalaot na walang kumpas sa isang di nalalamang karagatan. Ang pinakadakilang mga isip, kung di napapatnubayan ng Salita ng Dios sa kanilang pagsasaliksik, ay naguguluhan sa kanilang pagsisikap na maunawaan ang ugnayan ng agham at ng kapahayagan. Sapagkat ang Manlalalang at ang Kanyang mga gawa ay gano'n na lamang ang layo sa kanilang pang-unawa na hindi nila maipaliwanag ang mga iyon sa pamamagitan ng mga batas ng kalikasan, ay itinuturing nilang hindi mapagkakatiwalaan ang kasaysayan sa Banal na Kasulatan. Yaong mga nag-aalinlangan sa kaganapan ng mga tala sa Luma at Bagong Tipan, ay maaakay upang humakbang pa ng papalayo, at mag- alinlangan sa pagkakaroon ng Dios; at, sa pagkawala ng kanilang sinepete, sila'y naiiwan upang mapahampas sa mga bato ng kawalan ng pananampalataya.

Ang mga taong ito ay naiwala ang kapayakan ng pananampalataya. Kinakailangan ang isang matibay na pananalig sa makalangit na kapangyarihan ng Banal na Salita ng Dios. Ang Biblia ay hindi kinakailangang suriin sa pamamagitan ng mga kaisipan ng tao tungkol sa agham. Ang kaalaman ng tao ay isang gabay na hindi mapagkakatiwalaan. Yaong mga hindi naniniwala sa Dios na nagbabasa ng Biblia upang makapamuna, ay maaaring, sa pamamagitan ng hindi ganap na pag-unawa maging ang agham o ng kapahayagan, ay mag- sabing nakasumpong ng pangsalungat sa pagitan ng dalawa; subalit kung lubos na uunawain, ang mga iyon ay ganap na magkatugma. Si Moises ay nagsulat sa ilalim ng pagpatnubay

ng Espiritu ng Dios, at ang isang tamang teoriya ng geology kailan [130] man ay hindi mag-aangkin ng mga natutuklasang hindi maiaangkop sa kanyang mga pahayag. Ang lahat ng katotohanan maging sa kalikasan man o sa kapahayagan, ay katugma ng kanyang sarili sa ano mang pagpapahayag nito.

Sa salita ng Dios marami ang mga katanungang itinatanong na kailanman ay hindi masasagot maging ng pinakadalubhasang iskolar. Tinatawagan ang pansin sa mga paksang ito upang ipakita kung gaano karami ang gano'n maging sa mga pangkaraniwang bagay sa araw-araw na buhay, na sa pamamagitan ng isip ng tao, magtaglay man iyon ng lahat na maipagmamalaking karunungan, ay hindi kailan man ganap na makauunawa.

Gano'n pa man iniisip ng mga siyentipiko na maaari nilang maunawaan ang karunungan ng Dios, yaong nagawa Niya o maaaring magawa. Ang kaisipang malimit na inihahayag ay yaong Siya ay natatakdaan ng sarili Niyang mga batas. Pawang itinatanggi o tinututulan ng tao ang Kanyang pananatili, o iniisip na maipapaliwanag ang lahat ng mga bagay, maging ang pagkilos ng Kanyang Espiritu sa puso ng tao; at hindi na nila iginagalang ang Kanyang pangalan o kinatatakutan ang Kanyang kapangyarihan. Sila ay hindi naniniwala sa kahima-himala, hindi nauunawaan ang mga batas ng Dios o ang Kanyang walang hanggang kapangyarihan upang gumawa sa pamamagitan ng mga iyon. Sa karaniwang paggamit, ang katagang "batas ng kalikasan" ay binubuo ng mga natuklasan ng tao tungkol sa mga batas na nangingibabaw sa pisikal na sanlibutan; subalit gaano kaliit ang kanilang kaalaman, at gaano kalawak ang larangan ng kung saan ang Manlalalang ay maaaring makalikha ng sang-ayon sa sarili Niyang mga batas gano'n pa man ay maging higit ng malayo sa mauunawaan ng tao!

Marami ang nagtuturo na ang mga bagay ay may taglay na kapangyarihan—may gano'ng katangiang taglay ang mga bagay, at iyon ay iniiwan upang kumilos sa pamamagitan ng sariling katutubong lakas; at ang pagkilos ng kalikasan ay dahil sa mga nakatalagang batas, na doon ang Dios ay hindi makahahadlang. Iyon ay isang huwad na kaalaman, at iyon ay hindi sinasang-ayunan ng salita ng Dios. Ang kalikasan ay lingkod ng Manlalalang. Ang Dios ay hindi gumagawa ng salungat sa kanila, subalit patuloy Niyang ginagamit ang mga iyon bilang kanyang kasangkapan. Ang kalikasan

ay nagpa- pahayag ng kaalaman, pakikiharap, at aktibong enerhiya, na gumagawa sa lahat sa pamamagitan ng kanyang mga batas. Mayroon sa kalikasang patuloy na paggawa ng Ama at ng Anak. Ang [131] sabi ni Kristo, "Hanggang ngayo'y gumagawa ang Aking Ama, at ako'y gumagawa." Juan 5:17.

Ang mga Levita, sa kanilang himno na itinala ni Nehemias, ay umaawit, "Ikaw ang Panginoon, Ikaw lamang; Ikaw ang lumikha ng langit at mga langit, pati ng lahat na natatanaw roon, ng lupa at ng mga bagay na nangaroon,...na Iyong pinamalaging lahat." Nehemias 9:6. Tungkol sa sanlibutang ito, ang gawain ng Dios sa paglalang ay natapos na. Sapagkat "ang mga gawa ay nangatapos mula ng itatag ang sanlibutan." Hebreo 4:3. Subalit ang Kanyang kapangyarihan ay ginagamit pa rin sa pagpapanatili ng Kanyang mga nilalang. Iyon ay hindi sapagkat ang mga bagay na minsan ay napakilos ay nagpapatuloy na sa pamamagitan ng sarili Niyang kapangyarihan kung kaya't ang pulso ay sinusundan ng pulso at ang hininga ay sinusundan ng hininga, ang bawat pintig ng puso, ay isang katibayan ng nagpapatuloy na pangangalaga Niya na sa pamamagitan Niya "tayo'y nangabubuhay, at nagsisikilos, at mayroon tayong pagkatao." Gawa 17:28. Hindi sa pamamagitan ng sarili niyang kapangyarihan ang lupa taon-taon ay nagkakaroon ng mga bunga at nagpapatuloy sa kanyang pag-ikot sa palibot ng araw. Ang kamay ng Dios ang gumagabay sa mga planeta at nag-iingat sa mga iyon sa kanilang mga lugar sa maayos na pag- mamartsa sa kalangitan. Kanyang, "tinutuos ang kanilang hukbo ayon sa bilang; tinatawag Niya sila ayon sa pangalan; sa pamamagitan ng kadakilaan ng Kanyang kapangyarihan, at dahil sa Siya'y malakas sa kapangyarihan ay walang nagkukulang." Isaias 40:26. Sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan ang mga halaman ay lumalago, ang mga dahon ay nagsisilabas, at ang mga bulaklak ay nangamumukadkad. Siya ang "nagpapatubo ng damo sa mga bundok" (Mga Awit 147:8), at sa pamamagitan Niya ang mga lambak ay nagiging mabunga. "Lahat na hayop sa gubat...hinahanap sa Dios ang kanilang pagkain," at ang bawat may buhay na nilikha mula sa pinakamaliit na kulisap hanggang sa tao, ay araw-araw umaasa sa Kanyang mapagkaloob na pangangalaga. Sa magandang pangungusap ng mang-aawit, "Lahat ng ito'y nangaghihintay sa Iyo.... Ang Iyong ibinibigay sa kanila ay pinipisan nila; Iyong ibinubukas ang Iyong kamay, sila'y nangabubusog ng

kabutihan." Mga Awit 104:20, 21, 27, 28. Ang Kanyang salita ang namamahala sa mga elemento; Kanyang tinatakpan ng ulap ang mga [132] langit at inihahanda ang ulan para sa lupa. Siya'y nagbibigay ng Nieve na parang balahibo ng tupa: "Siya'y nagkakalat ng eskarcha na parang abo." Mga Awit 147:16. "Pagka Siya'y nag-uutos, may hugong ng tubig sa langit, at Kanyang pinaiilanlang ang mga singaw mula sa mga dulo ng lupa; Siya'y nagpapakidlat para sa ulan, at naglalabas ng hangin mula sa kinalalagyan." Jeremias 10:13.

Ang Dios ang saligan ng lahat ng mga bagay. Ang lahat ng totoong agham ay katugma ng Kanyang mga gawa; ang lahat ng totoong edukasyon ay humahantong sa pagsunod sa Kanyang pamamahala. Ang agham ay nagbubukas ng mga bagong kahahangaan ng ating pananaw; siya ay lumilipad ng mataas, at sumisisid sa mga bagong kalaliman; subalit wala siyang dinadala mula sa kanyang pagsasaliksik ng anumang hindi katugma ng banal na kahayagan. Ang di-pagkaalam ay maaaring humanap ng susug mula sa mga maling pananaw tungkol sa Dios sa pamamagitan ng agham, subalit ang aklat ng kalikasan at ang nakasulat na salita ay nagbibigay liwanag sa isa't isa. Sa gano'ng paraan tayo ay naaakay upang sambahin ang Manlalalang at magkaroon ng matalinong pagtitiwala sa Kanyang salita.

Walang makataong kaisipan ang ganap na makauunawa sa pananatili, kapangyarihan, karunungan, o mga gawa ng Isang Walang Hanggan. Ayon sa banal na manunulat: "Masusumpungan mo ba ang Dios sa pagsasaliksik? Masusumpungan mo ba sa kasakdalan ang Makapangyarihan sa lahat? Mataas na gaya ng langit; anong iyong magagawa? malalim kaysa Sheol; anong iyong malalaman? Ang sukat niyaoy mahaba kaysa lupa, at maluwang kaysa dagat." Job 11:7-9. Ang pinakamalakas na kaisipan ng lupa ay hindi makauunawa sa Dios. Ang tao ay maaaring patuloy na nagsasaliksik, patuloy na na- tututo, subalit mayroon pa ring walang hanggan sa ibayong dako.

Gano'n pa man ang nilikha ng Dios ay nagpapatotoo sa kapangyarihan at kadakilaan ng Dios. "Ang kalangitan ay nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Dios; at ipinakikilala ng kalawakan ang gawa ng Kanyang kamay." Mga Awit 19:1. Yaong mga nanghahawak sa nasulat na salita bilang kanyang tagapayo ay makakasumpong sa agham ng pantulong upang maunawaan ang Dios. "Ang mga

bagay Niyang hindi nakikita buhat pa ng lalangin ang sanlibutan ay nakikitang maliwanag, sa pagkatanto sa mga bagay na ginawa Niya, maging ang walang hanggan Niyang kapangyarihan at pagka Dios." Roma 1:20. [133]

# Kabanata 10—Ang Tore ng Babel

Ang kabanatang ito ay batay sa Genesis 9:25-27;11:1-9.

Upang muling magkatao ang nasirang sanlibutan, na dinaanan pa lamang ng Baha upang alisan ng pagkabulok ng moralidad, ang Dios ay nag-ingat ng isang sambahayan lamang, ang sambahayan ni Noe, Kanyang sinabi, "Ikaw ay Aking nakitang matuwid sa harap Ko sa panahong ito." Genesis 7:1. Gano'n pa man sa tadong mga anak ni Noe ay mabilis na lumago ang mga tampok na mapagkikilanlan ng sanlibutan bago ang Baha. Kay Sem, Cham, at Japeth, na magiging pundasyon ng lahi ng tao, ay mababakas ang likas ng kanilang mga ninuno.

Si Noe, sa pagsasalita sa ilalim ng banal na pagkasi, ay hinulaan ang magiging kasaysayan ng tatlong lahi na magmula sa tatlong mga amang ito ng sangkatauhan. Sa pagtuntun sa magiging mga angkan ni Cham, mula sa anak sa halip na sa ama, ay kanyang sinabi, "Sumpain si Canaan; siya'y magiging alipin ng mga alipin sa kanyang mga kapatid." Ang di pangkaraniwang krimen ni Cham ay nagpapahayag na ang paggalang sa kapwa ay matagal nang nawala sa kanyang kalu- luwa, at iyon ay naghayag ng pagkawalang galang sa Dios at pagka- masama ng kanyang likas. Ang masasamang likas na ito ay nagpatuloy kay Canaan at sa kanyang mga anak, na ang patuloy na paggawa ng kasalanan ay tumawag sa hatol ng Dios para sa kanila.

Sa kabilang dako naman, ang paggalang na inihayag ni Sem at ni Japeth sa kanilang ama, at dahil doon ay gano'n din naman sa mga banal na palatuntunan, ay nagpapahayag ng magandang kinabukasan para sa kanilang mga anak. Tungkol sa mga anak na ito ay sinabi: "Purihin ang Panginoon, ang Dios ni Sem; at si Canaan ay maging alipin niya. Pakaramihin ng Dios si Japeth, at magtira siya sa mga tolda ni Sem; at si Canaan ay maging alipin niya." Ang linya ni Sem ang magiging linya ng piniling bayan, ng pakikipagtipan ng Dios, tungkol sa ipinangakong Tagapagligtas. Si Jehova ang Dios ni

Sem. Sa kanya magmumula si Abraham, at ang bayang Israel, na sa pamamagitan niya ay darating si Kristo. "Maginhawa ang bayan na ang Dios ay ang Panginoon." Awit 144:15. At si Japeth ay "titira sa [134] mga tolda ni Sem." Sa mga pagpapala ng ebanghelyo ang mga anak ni Japeth ay magkakaroon ng tanging bahagi.

Ang mga anak ni Canaan ay bumaba ng husto sa pinakahamak na uri ng kawalan ng pagkilala sa Dios. Bagaman ang inihulang sumpa ay hinatulan sila ng pagiging alipin, ang hatol ay hindi iginawad sa loob ng maraming siglo. Tiniis ng Dios ang kanilang kapusungan at kasamaan hanggang sila ay lumampas sa hangganan ng banal na pagtitiis. Nang magkaganon sila'y binawian ng mga ari-arian, at naging mga alipin ng mga anak si Sem at Japeth.

Ang inihula ni Noe ay hindi isang walang pakundangang pagbibitiw ng galit o kaluguran. Hindi iyon nagtakda ng likas at kahihinatnan ng kanyang mga anak. Subalit ipinahayag noon ang magiging bunga ng uri ng buhay na kanilang pinili at uri ng likas na kanilang pinalago. Iyon ay isang paghahayag ng panukala ng Dios para sa kanila at sa kanilang mga anak batay sa sarili nilang likas at pag-uugali. Bilang isang patakaran, minamana ng mga anak ang disposisyon at hilig ng kanilang mga magulang, at ginagaya ang kanilang halimbawa; kung kaya't ang mga kasalanan ng mga magulang ay siyang ginagawa ng mga anak mula sa isang lahi tungo sa isang lahi. Kung kaya't ang kasamaan at pagkawalang galang ni Ham ay ginaya ng kanyang mga anak, at naghatid ng sumpa sa kanila sa loob ng maraming panahon. "Ang isang makasalanan ay sumisira ng maraming mabuti." Eclesiastes 9:18.

Sa isang panig naman, lubos na pinagpala ang paggalang ni Sem sa kanyang ama; at anong magigiting na linya ng mga banal na tao ang lumabas sa kanyang mga anak! "Nalalaman ng Panginoon ang kaa- rawan ng mga sakdal," "at ang kanyang lahi ay pinagpapala." Awit 37:18, 26. "Talastasin mo nga, na ang Panginoon ninyong Dios, ay Siyang Dios, ang tapat na Dios, na nag-iingat ng tipan at naggagawad ng kagantihang-loob sa mga umiibig sa Kanya, at tumutupad ng Kanyang mga utos, hanggang sa isang libong salin ng mga lahi." Deuteronomio 7:9.

Sa ilang panahon ang mga anak ni Noe ay patuloy na nanirahan sa mga bundok na pinagtigilan ng daong. Samantalang ang kanilang bilang ay dumadami, ang pagtalikod sa pananampalataya ay kaagad

humantong sa paghihiwalay. Yaong mga nagnais kalimutan ang kanilang Manlalalang at iwaksi ang pamimigil ng Kanyang Kautusan
[135] ay nakadama ng walang sawang pagkainis sa mga pagtuturo at halimbawa ng mga kasamahan nilang may pagkatakot sa Dios, at pagkalipas ng ilang panahon ay nagpasiya silang humiwalay sa mga sumasamba sa Dios. Dahil doon sila ay naglakbay tungo sa kapatagan ng Shinar, sa mga tabi ng ilog Eufirates. Sila ay naalat ng kagandahan ng lugar at ng katabaan ng lupa, at ipinasiya nilang gawing tahanan ang kapatagang ito.

Dito ay nagpasiya silang gumawa ng isang lungsod, na doon ay may isang mataas at matayog na tore na maaaring hangaan ng sanlibutan. Ang layunin ng mga panukalang ito ay upang iiwas ang mga tao mula sa pagkalat sa malalayong lugar. Iniutos ng Dios sa tao ang humayo sa buong lupa, upang kalatan at supilin; subalit ang mga manggagawang ito ng tore ay nagpasiyang ingatang magkakasama ang kanilang komyunidad bilang isa, at magtatag ng isang kaharian na sa pagdating ng panahon ay magpuno sa buong lupa. Kung mag- kagano'n ang kanilang lungsod ay magiging sentro ng isang kahariang pangbuong sansinukob; ang kaluwalhatian noon ay tatawag ng pag- hanga at pakikiisa ng sanlibutan at kikilalanin ang mga nagtatag noon bilang mahuhusay. Ang dambuhalang tore, na umaabot sa mga langit, ay iginayak upang tumindig bilang isang bantayug ng kapangyarihan at karunungan ng mga gumawa noon, nagpapanatili sa kanilang katanyagan hanggang sa huling mga kalahian.

Ang mga naninirahan sa kapatagan ng Shinar ay hindi naniwala sa pangako ng Dios na hindi na Niya muling gugunawin ang lupa sa pamamagitan ng baha. Marami sa kanila ang tinanggihan ang pagkakaroon ng Dios at sinabing ang baha ay bunga ng katutubong pagkilos ng kalikasan. Ang iba ay naniniwala sa isang Makapangyarihan sa lahat, at Siya yaong gumunaw sa sanlibutan; at ang kanilang mga puso, gaya ni Cain, ay nanghimagsik laban sa Kanya. Ang isang layunin nila sa pagtatayo ng tore ay ang pagkakaroon ng sarili nilang kaligtasan kung sakaling magkakaroon ng isa pang pagbaha. Sa pamamagitan ng pagpapataas sa tore ng higit sa naabot ng mga tubig ng baha, ay inisip nilang mailalagay ang kanilang sarili sa hindi maaabot ng anumang posibleng kapahamakan. At pagdating nila sa kinaro- roonan ng mga ulap, ay inaasahan nilang matitiyak ang sanhi ng Baha. Ang buong proyekto ay iginayak upang lubos

pang parangalan ang kapalaluan ng mga nagsasagawa noon at upang ilayo ang isipan ng mga tao sa hinaharap mula sa Dios at akayin sila sa pagsamba sa diyus-diyusan. [136]

Noong ang ilang bahagi ng tore ay matapos, ang isang bahagi noon ay ginawang tirahan ng mga gumagawa; ang ibang bahagi, lubos na nagayakan at mahusay na nilagyan ng mga kasangkapan, ay nakatalaga para sa mga diyus-diyusan. Ang mga tao ay nagalak sa kanilang pagtatagumpay, at pinuri ang kanilang mga diyos na pilak at ginto, at iniharap ang kanilang sarili laban sa Hari ng langit at ng lupa. Pagdaka ang gawaing nagpapatuloy sa pag-unlad ay natigil. Ang mga anghel ay isinugo upang pigilin ang layunin ng mga manggagawa. Mataas ng lubha ang naabot ng tore, at naging napakahirap na upang ang mga nasa itaas ay magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa mga nasa ibaba; kung kaya may mga lalaking itinalaga sa mga estasyon, bawat isa ay tatanggap at magbibigay ng ulat sa sunod sa kanya tungkol sa hinihinging kagamitan o tagubilin tungkol sa gawain. Samantalang ang mga mensahe ay ipinapasa sa isa't isa sa ganoong paraan ang wika ay nagulo, kung kaya't ang kasangkapang tinatanggap ay yaong hindi kailangan, at ang tagubiling ibinigay ay malimit nagiging kabaliktaran noon. Nagkaroon ng kaguluhan at pagkalito. Ang lahat ng paggawa ay napatigil. Hindi na maaaring magkaroon pa man ng kaayusan o pagkakaisa. Ganap na hindi maipaliwanag ng mga gumagawa ang kahima-himalang nangyayari sa kanila, at sa kanilang galit at pagkabigo ay sinisi nila ang isa't isa. Ang kanilang pagkakampi-kampi ay humantong sa labanan at pagdanak ng dugo. Mga kidlat mula sa langit, bilang tanda ng galit ng Dios, ang sumira sa itaas na bahagi ng tore at ito ay ibinagsak sa lupa. Pinadama sa kanila na mayroong isang Dios na namumuno sa mga langit.

Hanggang sa mga panahong yaon ang lahat ng mga tao ay gumagamit ng isang wika lamang; ngayon yaong mga nagkakaunawaan sa isa't isa ay nagsama-sama; ang iba ay nagtungo sa isang dako, ang iba naman ay sa iba. "Mula roon ay binulabog sila ng Panginoon sa ibabaw ng buong lupa." Ang pangangalat na ito ang paraan ng pag- pupuno ng tao sa lupa, kung kaya ang layunin ng Panginoon ay naisakatuparan sa pamamagitan ng isang paraang iginayak ng tao upang hadlangan ang katuparan noon.

Subalit ang lahat ay naging pagkatalo noong mga inilagay ang kanilang sarili sa paglaban sa Dios! Kanyang layunin na samantalang ang mga tao ay humahayo upang magtatag ng mga bansa sa
[137] iba't ibang bahagi ng lupa ay magdala sila ng pagkaalam, tungkol sa
[138] Kanyang kalooban, upang ang liwanag ng katotohanan ay patuloy na magliwanag sa niga sumusunod na kalahian. Si Noe, ang tapat
[139] na nangangaral ng katuwiran, ay nabuhay sa loob ng tatlong daan at limampung taon pa makalipas ang Baha, si Sem sa loob ng limang daang taon, at sa pamamagitan noon ang kanilang mga anak upang malaman ang kalooban ng Dios at ang kasaysayan ng Kanyang pakikitungo sa kanilang mga ama. Subalit hindi sila handang makinig sa mga katotohanang hindi kaaya-aya; wala silang pagnanasang pana- tilihin ang Dios sa kanilang kaisipan; at sa pamamagitan ng pagka- karoon ng maraming wika sila sa isang malaking banda, nawalay sa pakikisalamuha doon sa sana ay nakapagbigay sa kanila ng liwanag.

Ang mga manggagawa ng tore ay nagumon sa espiritu ng pagmumukmok laban sa Dios. Sa halip na may pagpapasalamat na ala- lahanin ang Kanyang kaawaan kay Adan at ang Kanyang mabiyayang pakikipagtipan kay Noe, sila ay nagreklamo sa Kanyang karahasan sa pagpapalabas sa unang mag-asawa mula sa halamanan ng Eden at sa paggunaw sa sanlibutan sa pamamagitan ng isang baha. Subalit saman- talang sila ay di nasisiyahan sa Dios sa pagiging walang pakundangan at malupit, ay kanilang tinatanggap ang patakaran ng pinakamalupit sa mga manghihimagsik. Si Satanas ay nagsisikap makasumpong ng ikagagalit sa mga pagbibigay ng handog na naglalarawan sa pag- kamatay ni Kristo; at samantalang ang isipan ng tao ay nadidiliman ng pagsamba sa diyus-diyusan; ay inakay niya sila upang gumawa ng huwad na pag-aalay ng mga handog at sakripisyo at isakripisyo ang kanilang mga anak sa mga altar ng kanilang mga diyus-diyusan. Samantalang ang mga tao ay lumalayo sa Dios, ang mga banal na katangian—ang pagiging makatarungan, pagiging dalisay, at pagka mapagmahal—ay hinalinhinan ng pagsasamantala, labanan at pag- papatayan.

Ang mga tao ng Babel ay nagpasya upang magtatag ng isang pama- halaang hiwalay sa Dios. Mayroong ilan sa kanila, gano'n pa man, ang may pagkatakot sa Panginoon, subalit nadaya ng mga pagpa- pahayag ng mga hindi naniniwala sa Dios at naakit sa kani-

lang mga panukala. Alang-alang sa mga tapat na ito ay pinagpaliban ng Panginoon ang Kanyang paghatol at binigyan ang tao ng panahon upang makilala ang tunay na likas at maipahayag nila ang kanilang tunay na ugali. At samantalang ito ay susulong, ang mga anak ng Dios ay gumawa upang ilayo sila sa kanilang layunin; subalit ang [140] mga tao ay lubos na nagkakaisa sa kanilang gawang mapanghamon sa langit. Kung sila lamang ay hindi napigil ay maaaring nakuha nila ang sanlibutan sa kamusmusan noon. Ang kanilang pagkakampi- kampi ay nakabatay sa panghihimagsik; isang kahariang itinatag sa pagpaparangal sa sarili, isa kung saan ang Dios ay walang ka- pama- halaan o karangalan. Kung ito lamang pagkakampi-kamping ito ay pinahintulutan, isang malaking kapangyarihan ang maaaring nag- karoon ng kapamahalaan upang pawiin ang mga matuwid—at kasama noon ang kapayapaan, kaligayahan, at kasiguruhan—mula sa lupa. Sapagkat ang mga banal na utos, na "banal, at matuwid, at mabuti" (Roma 7:12), ay sinisikap ng mga taong palitan ng mga kautusang sumasang-ayon sa mga layunin ng sarili nilang sakim at malulupit na puso.

Yaong mga may pagkatakot sa Panginoon ay nanawagan sa Kanya upang mamagitan. "At bumaba ang Panginoon upang tingnan ang bayan at ang moog, na itinayo ng mga anak ng mga tao." Sa kaawaan sa sanlibutan ay ibinagsak Niya ang mga layunin ng mga gumagawa ng tore at ibinagsak ang bantayog ng kanilang kapusun- gan. Sa kaawaan ay nilito nila ang kanyang wika, sa gano'n ay nahadlangan ang mga layunin ng kanilang panghihimagsik. Ang Dios ay matiisin sa kasa- maan ng mga tao, binibigyan sila ng sapat na panahon upang maka- pagsisi; subalit tinatandaan Niya ang lahat ng kanilang ginagawa upang tanggihan ang awtoridad ng Kanyang makatarungan at banal na kautusan. Sa bawat panahon ang hindi nakikitang mga kamay na humahawak sa setro ng kapamahalaan ay inilalawit upang pigilin ang kasamaan. Di mapagkakamaliang mga katibayan ang ibinibigay ng Manlalalang ng sansinukob, ang Isang walang hanggan sa kaalaman at pag-ibig at katotohanan, ang Kataas-taasang Hari ng langit at ng lupa, at walang sinuman ang hindi mapaparusahang makalalaban sa Kanyang kapangyarihan.

Ang mga panukala ng mga gumagawa ng tore ay humantong sa kahihiyan at pagkatalo. Ang bantayog ng kanilang pagmamalaki ay naging bantayog ng kanilang kahangalan. Gano'n pa man ang mga

tao ay nagpapatuloy sa pagtahak sa gano'ng landasin—umaasa sa sarili, at tinatanggihan ang mga utos ng Dios. Iyon ang prinsipyong sinikap ikalat ni Satanas sa langit; iyon din ang nangibabaw kay Cain sa pagdadala ng kanyang handog.

[141] Mayroong mga gumagawa nang tore sa ating kapanahunan. Ang mga hindi naniniwla sa Dios ay nagtatayo ng kanilang mga teoriya mula sa kinikilalang pahayag ng agham, at tinatanggihan ang hayag na salita ng Dios. Ginagawa nilang magsalita tungkol sa pamahalaan ng moralidad; tinatanggihan nila ang Kanyang mga utos at ipinagmamalaki ang kasapatan ng pangangatuwiran ng tao. At, "sapagkat ang hatol laban sa masamang gawa ay hindi isinasagawa agad, kaya't ang puso ng mga anak ng tao ay lubos na nangagagalak sa paggawa ng kasamaan." Eclesiastes 8:11.

Sa sanlibutan ng mga nagpapanggap na Kristiano marami ang lumalayo mula sa malinaw na pahayag ng Banal na Kasulatan at gumagawa ng mga aral mula sa mga kaisipan ng tao at nakalulugod na kasinungalingan, at itinuturo nila ang kanilang tore bilang isang paraan upang makapanhik sa langit. Ang mga tao ay humahanga sa kahusayan ng nagsasalita samantalang iyon ay nagtuturo na ang suma- salansang ay hindi mamamatay, na ang kaligtasan ay makakamtan ng walang pagsunod sa kalooban ng Dios. Kung ang mga nagpapanggap na tagasunod ni Kristo ay tatanggapin ang pamantayan ng Dios, iyon ay mag-aakay sa kanila sa pagkakaisa; subalit hanggang ang kaalaman ng tao ay itinataas ng higit sa Kanyang Banal na Salita, ay magkakaroon ng dibisyon at paglalabanan. Ang lumalaganap na kagu- luhan ng nagtatalo-talong mga pananampalataya at mga sekta ay angkop na inilalarawan ng salitang "Babylon," na ikinakapit ng hula (Apocalipsis 14:8; 18:12) sa mga iglesiang umiibig sa sanlibutan sa mga huling araw.

Marami ang nagsisikap gumawa ng langit para sa kanilang sarili sa pamamagitan ng pagkakamit ng mga kayamanan at kapangyarihan. Sila'y "nanunungayaw ng pagpighati: sila'y nangagsasalitang may ka- taasan" (Awit 73:8), niyuyurakan ang karapatang pang tao at wina- walang halaga ang banal na kapangyarihan. Ang mapagmataas ay maaaring sa isang panahon ay nasa kapangyarihan, at maaaring ma- kakita ng pagtatagumpay sa lahat ng kanilang isinasagawa; subalit sa wakas makasusumpong lamang sila ng pagkabigo at kaabahan.

Ang panahon ng pagsisiyasat ng Panginoon ay ngayon na. Ang Kataas-taasan ay bababa upang tingnan ang ginawa ng mga anak ng tao. Ang Kanyang ganap na kapangyarihan ay mahahayag; ang mga gawa ng pagmamataas ay ibababa. "Ang Panginoon ay tumitingin mula sa langit; Kanyang minamasdan ang lahat na anak ng mga
tao; mula sa dakong Kanyang tahanan ay tumitingin siya sa lahat [142]
nangananahan sa lupa." "Dinadala ng Panginoon sa wala ang payo ng mga bansa: Kanyang niwawalang halaga ang mga pag-iisip ng mga bayan. Ang payo ng Panginoon ay nangatayong matibay magpakailan man, ang mga pag-iisip ng Kanyang puso sa lahat ng sali't
saling lahi." Awit 33:13, 14, 10, 11. [143]

## Kabanata 11—Ang Pagkatawag kay Abraham

Ang kabanatang ito ay batay sa Genesis 12.

Matapos ang pangangalat ng tao mula sa Babel ang pagsamba sa diyus-diyusan ay lubos na naman muling lumaganap, at sa wakas ay iniwan na ng Panginoon ang nangagmamatigas na mananalansang upang sundan- ang kanilang masasamang hakbang, samantalang pinili niya si Abraham, mula sa linya ni Sem, at ginawa siyang tagapag- ingat ng Kanyang kautusan para sa mga darating na mga kapanahunan. Si Abraham ay lumaki sa gitna ng mga sabi-sabi at pagsamba sa diyus-diyusan. Maging ang sambahayan ng kanyang ama, na sa pamamagitan noon ang pagkakilala sa Dios ay naingatan, ay sumasang- ayon na sa nakaaakit na impluwensya ng mga nasa paligid nila, at "sila'y naglingkod sa ibang mga diyus", bukod kay Jehova. Subalit ang tunay na pananampalataya ay hindi dapat mawala. Ang Dios ay palaging nag-iingat ng nalabi upang maglingkod sa Kanya. Si Adan, si Set, si Enoc, si Matusalem, si Noe, si Sem sa isang walang patid na hanay, ay nag-ingat sa mahahalagang pagpapahayag ng Kanyang kalooban sa paglipas ng mga panahon. Ang anak ni Thare ang naging tagapagmana ng banal na kaloob na ito. Ang pagsamba sa diyus- diyusan ay nag-anyaya sa kanya sa lahat ng dako, subalit winalang halaga. Tapat sa kalagitnaan ng walang pananampalataya, hindi narumihan ng lumalaganap na pagtalikod sa Dios, siya ay matatag na nanatili sa pagsamba sa kaisa-isang Dios na totoo. "Ang Panginoon ay malapit sa lahat na nagsisitawag sa Kanya, sa lahat na nagsisitawag sa Kanya sa katotohanan." Awit 145:18. Iniugnay Niya ang Kanyang kalooban kay Abraham, at binigyan siya ng isang malinaw na kaalaman tungkol sa mga hinihiling ng Kanyang kautusan at tungkol sa pagliligtas na maisasakatuparan sa pamamagitan ni Kristo.

Ibinigay kay Abraham ang pangako, na napakamahalaga para sa mga tao noong mga kapanahunang iyon, tungkol sa pagkakaroon ng maraming mga anak at pagiging dakila ng bansa: "Gagawin kitang

isang malaking bansa, at ikaw ay Aking pagpapalain, at padadakilain Ko ang iyong pangalan; at ikaw ay maging isang kapalaran." At dito ay inihayag ang isang katiyakang, pinakamahalaga sa lahat ng [144]
magmamana ng pananampalataya, na sa kanyang hanay darating ang Tagatubos ng sanlibutan: "At pagpapalain sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa." Gano'n pa man bilang una ng kundisyon ng katuparan, kinakailangang magkaroon ng isang pagsubok ng pananampalataya; kailangan ang isang pagsasakripisyo.

Ang pahayag ay dumating kay Abraham, "Umalis ka sa iyong lupain, at sa iyong mga kamag-anak, at sa bahay ng iyong ama, na ikaw ay pasa lupaing ituturo ko sa iyo." Upang siya ay maihanda ng Dios sa dakilang gawain bilang tagapag-ingat ng Kanyang mga salita, si Abraham ay kinakailangang maihiwalay mula sa dati niyang mga kasamahan sa buhay. Ang impluwensya ng mga kamag-anak at mga kaibigan ay makakahadlang sa pagsasanay na pinanukala ng Dios na ipagkaloob sa Kanyang lingkod. Ng anyong si Abraham, sa isang kaisipang natatangi, ay kaugnay ng langit, siya ay kinakailangang manahan sa kalagitnaan ng mga di-kilala. Ang kanyang likas ay kinakailangang maging kakaiba, di tulad ng lahat ng nagmula sa sanlibutan. Ni hindi niya maipapaliwanag ang kanyang ginagawa upang maunawaan ng kanyang mga kaibigan. Ang espirituwal na mga bagay ay espirituwal na mauunawaan, at ang kanilang mga layunin at isinasagawa ay hindi maunawaan ng kanilang mga kalahing sumasamba sa diyus-diyusan.

"Sa pananampalataya si Abraham ng tawagin, ay tumalima upang pumaroon sa isang dakong kanyang tatanggaping mana; at siya'y yumaon na di nalalaman kung saan siya paroroon." Hebreo 11:8. Ang pagiging masunurin ni Abraham na walang pagtatanong ay isa sa mga matinding katibayan ng pananampalatayang masusumpungan sa Banal na Kasulatan. Para sa kanya, ang pananampalataya ang "kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita." Talatang 1. Nagtitiwala sa banal na pangako, na walang kahit maliit man lamang na katiyakan ng katuparan, iniwan niya ang tahanan, at mga kamag-anak, at lupang sinilangan, at humayo, upang sumunod saan man patnubayan ng Dios. "Sa pananampalataya siya'y naging manlalakbay sa lupaing pangako, na gava sa hindi niya sariling lupa, at tumahan sa mga

tolda na kasama ni Isaac at si Jacob, na mga tagapagmana ng isang pangako na kasama niya.” Hebreo 11:9.

[145] Hindi isang magaang pagsubok ang pinarating na iyon kay Abraham, hindi isang maliit na pagsasakripisyo ay kinakailangan mula sa kanya. Mayroong matitibay na makapagtatali sa kanya at sa kanyang bayan, mga kamag-anak, at tahanan. Subalit hindi siya nag-atubiling sumunod sa panawagan. Wala siyang anumang itinanong tungkol sa lupang pangako—kung ang lupa ay mataba at ang kapaligiran ay makapagpapalusog; kung ang lugar ay may magandang kapaligiran at kalagayan upang kumamkam ng maraming kayamanan. Ang Dios ay nagsalita, at ang Kanyang lingkod ay kinakailangang sumunod; ang pinakamasayang lugar sa lupa para sa kanya ay ang lugar na ninais ng Dios ukol sa kanya.

Marami pa ang sinusubok tulad ni Abraham. Hindi nila naririnig ang tinig ng Dios na nagsasalita mula sa langit, subalit tinatawagan Niya sila sa pamamagitan ng mga aral ng Kanyang salita at ng mga nangyayari na Kanyang ipinapahintulot. Maaaring kakailanganin nila ang iwanan ang isang gawain na maaaring maghatid sa kanila ng kayamanan at karangalan, upang iwan ang mga kinagigiliwan at kapakipakinabang na mga samahan, at humiwalay mula sa mga kasamahan, upang pumasok sa isang wari’y landas ng pagtanggi sa sarili, paghihirap, at pagsasakripisyo. Ang Dios ay may gawain para sa kanila upang gampanan; subalit ang isang buhay na maginhawa at ang impluwensya ng mga kaibigan at mga kamag-anak ay maaaring makahadlang sa pagpapalago ng mga likas na kailangan upang maisakatuparan. Tinatawagan Niya sila mula sa impluwensya at tulong ng tao, at inaakay sila upang madama ang pangangailangan ng Kanyang tulong, at upang sa Kanya lamang umasa, upang maipakita Niya ang Kanyang sarili sa kanila. Sino ang handa upang sa pagtawag ng Dios ay iwan ang mga minamahal na panukala at mga nakasanayang mga kasamahan? Sino ang tatanggap ng mga bagong tungkulin at papasok sa mga di pa nasusubok na mga gawain, upang isagawa ang gawain ng Dios na may matatag at nahahandang puso, alang-alang kay Kristo na ibinibilang ang kanyang mga naiwawala bilang mga pakinabang? Siya na gagawa ng ganito ay may pananampalataya ni Abraham, at makakabahagi niya sa “lalo’t lalong bigat ng kaluwalhatiang walang hanggan,” na doon

"ang pagtitis sa panahong ito'y hindi karapat-dapat maitumbas." 2 Corinto 4:17; Roma 8:18.

Ang tawag mula sa langit ay unang dumating kay Abraham samantalang siya ay naninirahan sa "Ur ng mga Caldeo" at sa pag- [146]
sunod doon siya ay nagtungo sa Haran. Hanggang doon ang sambahayan ng kanyang ama ay sumama sa kanya, sapagkat sa kanilang pagsamba sa diyus-diyusan ay iniuugnay nila ang pagsamba sa Dios na totoo. Si Abraham ay nanatili dito hanggang sa pagkamatay ni Thare. Subalit mula sa libingan ng kanyang ama ay pinagsabihan siya ng banal na Tinig upang sumulong. Ang kanyang kapatid na si Nahor at ang kanyang sambahayan ay nanatili sa kanilang tahanan at kanilang mga diyus-diyusan. Liban kay Sarai, na asawa ni Abraham. Si Lot lamang, ang anak ng matagal nang namatay na si Haran, ang pumili upang makasama sa buhay manlalakbay ng patriarka. Gano'n pa man isa iyong malaking grupo na umalis mula sa Mesopotamia. Si Abraham ay marami nang alagang mga ibon at hayop, mga kayamanan ng Silangan, at siya ay napapaligiran ng maraming bilang ng mga katulong at mga tagasunod. Siya ay umaalis mula sa lupain ng kanyang mga magulang, di na kailan man magbabalik, at dinala ang lahat ng ari-arian niya, "lahat ng pag-aaring kanilang natipon at ang mga taong kanilang nakuha sa Haran." Kabilang dito ang maraming pinangungunahan ng higit sa makasariling interes at paglilingkod. Sa panahon ng kanilang paninirahan sa Haran, kapwa si Abraham at si Sara; ay may mga naakay upang sumamba at maglingkod sa tunay na Dios. Iniugnay ng mga ito ang kanilang sarili sa sambahayan ni Abraham, at sinamahan siya tungo sa lupang pangako. "At nagsialis upang pasa lupain ng Canaan at dumating sa lupain ng Canaan."

Ang lugar na una nilang tinigilan ay Sichem sa lilim ng mga encina ng More, sa isang malapad, na madamong lambak, na may tanim na mga olibo at lumalagaslas na mga batis, sa pagitan ng Bundok Ebal sa isang panig at bundok ng Gerizim sa kabilang panig, inilagay ni Abraham ang kanilang kampamento. Yaon ay isang mainam at magandang lugar na napasok ng patriarka—"lupain ng mga batis ng tubig, ng mga bukal ng kalaliman, na bumubukal sa mga libis at mga bundok; lupain ng trigo at ng sebada at ng puno ng ubas at ng mga puno ng igos, at ng mga granada; lupain ng mga puno ng olibo at ng pulot." Deuteronomio 8:7, 8. Subalit sa sumasamba kay Jehova, ay may isang mabigat na aninong nakakadilim sa mga

kakahuyan at mabungang kapatagan. "At noo'y nasa lupaing yaon ang Cananeo." Narating ni Abraham ang mithiin ng kanyang pag-asang makita ng isang lugar na tinitirahan ng di kilalang lahi at may laganap na pagsamba sa diyus-diyusan. Sa mga kakahuyan
[147] ay may mga altar ng mga huwad na diyos, at ang mga taong hain ay iniaalay sa mga kalapit na mga bundok. Samantalang siya ay nanghahawak sa banal na pangako, di nawalan ng mga nakasisindak na babala na itinayo niya na ang kanyang tolda. "At napakita ang Panginoon kay Abram at nagsabi, Sa iyong lahi ay ibibigay ko ang lupaing ito." Ang kanyang pananampalataya ay pinatibay ng kasiguruhang ito na ang banal na pakikisama ay kasama niya, siya ay hindi iniwanan sa habag ng mga masasama. "At siya'y nagtayo roon ng isang dambana sa Panginoon na nagpakita sa kanya." Isa pa ring manlalakbay, pagdaka ay lumipat siya sa isang lugar na malapit sa Bethel, at muli ay nagtayo ng altar, at tumawag sa pangalan ng Panginoon.

Si Abraham, ang "kaibigan ng Dios," ay naglahad sa atin ng isang magandang halimbawa. Nasa kanya ang isang buhay na mapanalanginin. Saan man siya magtayo ng kanyang tolda, sa malapit doon ay itinatayo ang isang altar, tinatawagan ang lahat ng nasa kanyang kampamento sa umaga at sa gabi sa pag-aalay ng hain. Sa pag-aalis ng kanyang tolda, ang altar ay naiiwan. Sa mga sumunod na mga taon, mayroong lumilibot na mga Cananeo na tumanggap ng aral mula kay Abraham; at sa tuwing ang sinuman sa mga ito ay makarating sa altar na iyon, alam niya kung sino ang nanggaling doon na nauna sa kanya; at kapag siya ay nakapagtayo na ng kanyang tolda, inaayos niya ang altar, at doon ay sumasamba sa Dios na buhay.

Si Abraham ay patuloy na naglakbay tungo sa timog, at muli ang kanyang pananampalataya ay sinubok. Kinimkim ng mga langit ang kanilang ulan. Ang mga batis ay tumigil sa pag-agos sa mga libis, at ang mga damo sa mga kapatagan ay nangatuyo. Ang mga ibon at mga alagang hayop ay walang masumpungang lugar na mapag- papastulan, at ang pagkagutom ay nagbabanta sa buong kampamento. Hindi ba tinanong na ngayon ng patriarka ang pagpatnubay ng Dios? Hindi ba niya ninasang tumingin sa kasaganaan ng mga kapatagan ng mga Caldeo? Ang lahat ay matamang naghihintay kung ano ang gagawin ni Abraham, samantalang ang suliranin sa suliranin ay nag-

dadatingan sa kanya. Samantalang ang kanyang pagtitiwala ay di nakikilos, kanilang nadadama na mayroong pag-asa; sila ay nakatitiyak na ang Dios ay kanyang Kaibigan, at Siya ay pumapatnubay pa rin sa kanya.

Hindi maipaliwanag ni Abraham ang pagpatnubay ng Dios; hindi niya nakamtan ang kanyang inaasahan; subalit siya ay nang- [148] hawak sa pangako, "Ikaw ay Aking pagpapalain, at padadakilain Ko ang iyong pangalan; at ikaw ay magiging isang kapalaran." May taimtim na pananalangin na pinag-isipan niya kung papaano maiingatan ang buhay ng kanyang mga tao at mga alagang hayop, subalit hindi niya pahihintulutang ang mga pangyayari'y makayanig sa kanyang pananampalataya sa salita ng Dios. Upang maiwasan ang taggutom siya ay bumaba sa Ehipto. Hindi niya iwinaksi ang Canaan, o sa kagipitan man ay bumalik sa lupain ng mga Caldeo na kanilang pinanggalingan, na kung saan ay walang kakulangan sa pagkain; subalit siya ay humanap ng isang pansamantalang mapagkukublihan na hangga't maaari ay malapit sa Lupang Pangako, na pinapanukalang bumalik kung saan siya inilagay ng Dios.

Sa banal na pagpatnubay ng Panginoon ang pagsubok na ito ay pinarating kay Abraham upang siya ay turuan ng pagpapasakop, pagtitiis, at pananampalataya—mga liksiong maitatala para sa kapakinabangan ng mga matatawagan upang magtiis sa kalungkutan. Inaakay ng Dios ang Kanyang mga anak sa isang daan na hindi nila nalalaman, subalit hindi Niya kinalilimutan o iwinawaksi yaong mga naglalagay ng kanilang pagtitiwala sa Kanya. Pinahintulutan Niyang dumating ang kalungkutan kay Job, subalit hindi Niya siya pinabayaan. Pinahintulutan Niyang ang minamahal na si Juan ay mapatapon sa malungkot na Patmos, subalit ang Anak ng Dios ay nakipagtagpo sa kanya doon, at ang kanyang mga pangitain ay napuno ng mga larawan ng walang hanggang kaluwalhatian. Pinahihintulutan ng Dios na ang mga pagsubok ay dumating sa Kanyang bayan, upang sa pamamagitan ng kanilang pagtatapat at pagiging masunurin sila rin ay lumago sa espirituwalidad, at upang ang kanilang halimbawa ay maging halimbawa ng lakas para sa iba. "Nalalaman ko ang mga pag-iisip na Aking iniisip sa inyo, sabi ng Panginoon, mga pag-iisip tungkol sa kapayapaan, at hindi tungkol sa kasamaan." Jeremias 29:11. Yaon ding mga pagsubok na lubos na nagpapabigat sa ating pananampalataya at nagagawang tila iniwan

na tayo ng Dios, ang kinakailangang mag-akay sa atin sa higit na paglapit kay Kristo, upang ating mailagak ang ating mga pasanin sa Kanyang paanan at danasin ang kapayapaan na ibinibigay Niya sa atin kapalit noon.

Palaging sinusubok ng Dios ang Kanyang bayan sa apoy ng kahirapan. Sa init ng apoy inihihiwalay ang dumi mula sa tunay
[149] na ginto ng likas ng isang Kristiano. Tinitingnan ni Jesus ang pagsubok; alam Niya kung ano ang kailangan upang dalisayin ang mahalagang hiyas, upang maisinag noon ang ningning ng Kanyang pag-ibig. Sa pamamagitan ng mahigpit, na pagsubok dinidisiplina ng Dios ang Kanyang mga lingkod. Nakikita Niyang ang iba ay mayroong mga kapangyarihang maaaring magamit sa pagpapasulong ng Kanyang gawain, at inilalagay Niya ang mga taong ito sa pagsubok; sa Kanyang pagpatnubay inilalagay Niya sila sa katayuang makasusubok sa kanilang likas at makapagpapahayag ng kanilang pagkukulang at mga kahinaan na nakakubli mula sa sarili nilang kaalaman. Binibigyan Niya sila ng pagkakataong mabago ang mga kasiraang ito at upang mahanda sila sa paglilingkod sa Kanya. Ipinakikita Niya sa kanila ang sarili nilang kahinaan, at tinuturuan sila upang manalig sa Kanya; sapagkat Siya lamang ang tangi nilang saklolo at pananggalang. Sa gano'ng paraan ang kanyang layunin ay nakakamit. Sila ay natuturuan, nasasanay, at nadidisiplina, inihanda upang gampanan ang dakilang layunin ng pagkakabigay sa kanila ng kanilang mga kapangyarihan. Sa pagtawag sa kanila ng Dios upang kumilos, sila ay handa, at ang mga makalangit na mga anghel ay maaaring makasama nila sa gawaing kinakailangang magampanan sa lupa.

Sa panahon ng kanyang paninirahan sa Ehipto, si Abraham ay nagbigay ng katdbayan na siya ay hindi ligtas mula sa kahinaan at pagkukulang ng tao. Sa di pagpapahayag na si Sara ay kanyang asawa, ay naghayag siya ng di pagtitiwala sa banal na pangangalaga, isang kakulangan ng gano'n katayog na pananampalataya at lakas ng loob na malimit at marangal na nabibigyang halimbawa sa kanyang buhay. Si Sara ay maganda, at hindi siya nawalan ng agam-agam na ang mga Ehipcio ay magkakagusto sa magandang dayuhan, at upang siya lamang ay makuha, sila ay hindi mag-aatubiling patayin ang kanyang asawa. Inisip niyang siya ay di nagsisinungaling sa pagsasabing si Sara ay kanyang kapatid, sapagkat siya ay anak ng

kanyang ama, bagaman hindi ng kanyang ina. Subalit ang ganitong pagkukubli ng tunay na relasyon nilang dalawa ay isang panlilinlang. Walang anomang paghiwalay sa ganap na katotohanan ang maaaring sang- ayunan ng Dios. Dahilan sa kakulangan ni Abraham ng pananampalataya, si Sara ay nalagay sa isang malaking panganib. Ang hari ng Ehipto, na nabigyan ng kaalaman tungkol sa kanyang kagandahan, ay ipinakuha siya upang madala sa kanyang palasyo, upang maging asawa niya. Subalit ang Panginoon, sa kadakilaan ng [150]
Kanyang awa, ay iningatan si Sara sa pamamagitan ng pagpapadala ng salot sa sambahayan ng hari. Sa pamamagitan nito ay nalaman ng hari ang katotohanan ng mga pangyayari, at, sa galit sa panlilinlang sa kanya, ay sinumbatan niya si Abraham at ibinalik ang kanyang asawa, na sinasabi, "Ano itong ginawa mo sa akin?.... Bakit sinabi mong, Siya'y iyong kapatid? na ano pa't siya'y aking kinuha upang maging asawa. Ngayon nga'y nariyan ang iyong asawa; siya'y kunin mo at yumaon ka."

Si Abraham ay lubos na kinaluguran ng hari; hanggang sa mga sandaling ito ay hindi maipapahintulot ni Paraon na siya o ang kanyang kasamahan ay masaktan, subalit nagsugo ng isang taga- pagbantay upang ligtas na maihatid sila papalabas sa kanyang nasasakupan. Sa panahong ito ay may ginawang mga batas na nagbabawal sa mga Ehipcio upang makisalamuha sa mga dayuhang pastol sa anomang paraang makakasanayan tulad ng pagkain o paginom na kasama nila. Ang pagpapaalis ni Paraon kay Abraham ay may kabaitan, subalit pinaalis niya siya mula sa Ehipto, sapagkat hindi niya maipapahintulot na siya ay manatili. Walang halos kamalayang sinaktan na niya siya ng lubha, subalit ang Dios ay namagitan, at iniligtas ang hari mula sa paggawa ng isang gano'ng kalaking kasalanan. Nakita ni Paraon sa dayuhang ito ang isang taong pinararangalan ng Dios ng langit, at kinatakutan niya ang pagkakaroon sa kanyang kaharian ng isang gano'n na lamang ang pagpapahayag ng kaluguran ng Dios. Kung si Abraham ay mananatili sa Ehipto, ang kanyang lumalagong kayamanan at karangalan ay maaaring maging sanhi ng inggit o pang-aangkin ng mga Ehipcio, at siya ay saktan, na doon ang hari ay maaaring managot, na sa pamamagitan noon ay muling magkaroon ng salot sa palasyo.

Ang babalang ibinigay kay Paraon ay patunay na naging sanggalang ni Abraham pagkalipas ng naging pakikitungo ni Abraham

sa mga di kumikilala Dios; sapagkat ang gano'n ay di maaaring maging lihim, at nahayag ang Dios na sinasamba ni Abraham ay nag-iingat sa Kanyang lingkod, at anumang gawing pananakit sa kanya ay ga- gantihan. Isang mapanganib na bagay ay gawan ng mali ang isa sa mga anak ng Hari ng kalangitan. Binigyang pansin ng mang-aawit ang yugtong ito ng karanasan ni Abraham ng kanyang sabihin, sa pagsasalita tungkol sa piniling bayan ng Dios, "Kanyang
[151] sinaway ang mga hari dahil sa kanila; na sinasabi, Huwag ninyong galawin ang mga pinahiran Ko ng langis, at huwag ninyong gawan ng masama ang mga propeta Ko." Awit 105:14, 15.

May isang kapana-panabik na paghalintulad ng karanasan ni Abraham sa Ehipto at ng kanyang lahi, pagkalipas ng ilang siglong darating. Kapwa nagtungo sa Ehipto dahil sa tag-gutom, at kapwa nanirahan doon. Sa pagpapahayag ng kahatulan ng Dios para sa kapakanan nila, ang takot sa kanila ay napasa mga taga Ehipto; at, dala ang mga maraming kaloob ng mga hindi naniniwala sa Dios,
[152] sila ay lumabas na may saganang kayamanan.

# Kabanata 12—Si Abraham sa Canaan

Ang kabanatang ito ay batay sa Genesis 13 hanggang 15; 17:1-16; 18.

Si Abraham ay bumalik sa Canaan "totoong mayaman sa hayop, sa pilak, at sa ginto." Si Lot ay kasama pa rin niya, at muling sila ay nakarating sa Bethel, at nagtayo ng kanilang toldang malapit sa altar na itinayo nila noon. Pagdaka'y kanilang nasumpungan na ang mas maraming ari-arian ay naghahatid ng maraming kaguluhan. Sa gitna ng mga kahirapan at pagsubok sila'y nanirahang magkasama na may pagkakasundo, subalit sa kanilang pagyaman ay may panganib ng paglalabanan sa pagitan nila. Ang pastulan ay di sapat para sa mga alagang hayop ng dalawa, at ang malimit na pagtatalo ng kanilang pastol ay nagiging suliranin ng kanilang mga panginoon. Maliwanag na kinakailangang sila ay maghiwalay. Si Abraham ay nakatatanda kay Lot. At nakahihigit din sa kanya sa kayamanan, at kalagayan; gano'n pa man siya ang naunang magmungkahi ng panukala upang maingatan ang kapayapaan. Bagaman ang buong lupain ay ibinigay ng Dios, ay may paggalang niyang winalang halaga ang karapatan.

"Huwag magkaroon ng pagtatalo," sabi niya, "ikaw at ako, at ang mga pastor mo at mga pastor ko; sapagkat tayo'y magkapatid. Di ba ang buong lupain ay nasa harap mo? Humiwalay ka nga sa akin, ipinamamanhik ko sa iyo: kung ikaw ay pasa sa kaliwa, ay pasa sa kanan ako: o kung ikaw ay pasa sa kanan, ay pasa sa kaliwa ako."

Ang marangal, at di makasariling pagkatao ni Abraham ay nahayag. Ilan ang sa gano'ng kalagayan ay, sa ano mang kaparaanan ay manghahawak sa kanilang pansariling karapatan at sa kagustuhan! Ilang mga sambahayan na ang nawasak sa gano'ng paraan! Ilang mga iglesia na ang nahati, ginagawang bukang bibig at kasiraan sa mga masasama ang gawain ng katotohanan! "Huwag magkaroon ng pagtatalo, ikaw at ako," ang sabi ni Abraham, "sapagkat tayo'y magkapatid;" hindi lamang sa natural na ugnayan, kundi bilang

mananamba sa Dios na totoo. Ang mga anak ng Dios sa buong sanlibutan ay isang sambahayan, at ang gano'n ding espiritu ng pag-ibig at pagkakasundo ang kinakailangang mangibabaw sa kanila.
[153] "Sa pag-ibig sa mga kapatid ay mangagmahalan kayo; sa kapurihan ay ipagpauna ng isa't isa ang iba" Roma 12:10, ang turo ng Tagapagligtas. Ang pagsasanay sa isang pantas na paggalang, ang pagiging handang gawin sa iba ang nanaisin nating gawin ng iba sa atin, ay makapag- papaalis sa kalahati ng kaguluhan ng buhay. Ang espiritu ng pag- papayaman sa sarili ay espiritu ni Satanas; subalit ang puso na kung saan ang pag-ibig ni Kristo ay pinahahalagahan, ay magkakaroon ng ganoong pag-ibig na hindi hinahanap ang para sa sarili. Ang mga gano'n ang makikinig sa tagubiling, "Huwag tingnan ng bawat isa sa inyo ang sa kanyang sarili, kundi ang bawat isa naman ay sa iba't iba." Filipos 2:4.

Bagaman utang ni Lot ang kanyang kayamanan sa pagkakaroon niya ng relasyon kay Abraham, siya ay hindi nagpahayag ng pag- papasalamat sa nakatulong sa kanya. Dapat sana'y diniktahan siya ng paggalang upang ibigay ang pagpili kay Abraham, subalit sa halip na maging gano'n ay may pagkamakasarili niyang sinamantala ang lahat na ikalalamang niya. "Itiningin niya ang kanyang mga mata, at natanaw niya ang buong kapatagan ng Jordan, na pawang patubigan na ma- galing sa mga kabi-kabila,...kung pasa sa Zoar gaya ng halamanan ng Panginoon, gaya ng lupain ng Ehipto." Ang pinakamatabang lugar sa buong Palestina ay ang lambak ng Jordan, nagpapaalaala sa tumitingin ng nawalang Paraiso at napapantayan ang kagandahan at pagiging mabunga ng kapatagang pinataba ng Nila na iniwan pa lamang nila. Mayroon ding mga lungsod, mayaman at magaganda, nag-aanyaya sa mapagkakakitaang trapiko patungo sa kanilang ma- taong mga palengke. Sa pagkasilaw sa pangitain ng makasanlibutang pakinabang, binaliwala ni Lot ang tungkol sa moral at espirituwal na kasamaan na makakasalumuha niya doon. Ang naninirahan sa mga kapatagan ay "mga makasalanan sa harap ng Panginoon;" subalit hindi niya ito alam, o, kung alam man ito, ay binigyan ito ng maliit na pansin. "Pinili ni Lot sa kanya ang buong kapatagan ng Jordan," at "inilipat ang kanyang tolda hanggang sa Sodoma." Hindi niya nakita ang kilabot na ibubunga ng makasariling pagpiling iyon.

Matapos ang paghiwalay mula kay Lot, si Abraham ay muling tumanggap mula sa Panginoon ng pangako tungkol sa buong bansa. Di pa natatagalan matapos ito siya ay nagtungo sa Hebron, itinayo ang kanyang tolda sa lilim ng mga encina ng Mamre at sa tabi noon ay nagtayo ng altar para sa Panginoon. Sa malayang hangin ng mga [154] mataas na kapatagan, na may tanim na mga olibo at ubasan, mga bukid ng kumukumpay na mga butil, at malawak na pastulan ng nakapalibot na mga gulod, siya ay nanirahan, ganap na nasisiyahan sa kanyang simpleng, buhay patriarka, at iniwan kay Lot ang mapanganib na karangyaan ng lambak ng Sodoma.

Si Abraham ay kinilala ng mga kalapit bansa bilang isang ma- kapangyarihang prinsipe at isang matalino at may kakayanang pinuno. Hindi niya inalis ang kanyang impluwensya sa kanyang kapwa. Ang kanyang buhay at ugali, na di tulad noong mga sumasamba sa mga diyus-diyusan, ay nagbigay ng impluwensyang nakabubuti sa tunay na pananampalataya. Ang kanyang pagtatapat sa Dios ay di sumisinsay, samantalang ang kanyang pagkamagalang at kabaitan ay nag-udyok ng pagtitiwala at pakikipagkaibigan at ang kanyang katutubong katan- yagan ay nagbabadya ng pagkilala at paggalang.

Ang kanyang relihiyon ay hindi pinanghawakan bilang isang ma- halagang hiyas na dapat matamang maingatan at ikasiya lamang ng nagmamay-ari noon. Ang tunay na relihiyon ay hindi mapanghahawakan ng gano'n, sapagkat ang gano'ng espiritu ay labag sa prinsipyo ng ebanghelyo. Samantalang si Kristo ay naninirahan sa puso ay imposibleng maitago ang liwanag ng Kanyang pakikiharap, o ang liwanag na iyon ay dumilim. Sa kabaliktaran, iyon ay-magiging mas maliwanag samantalang araw-araw ang ulap ng pagkamakasarili at kasalanan na bumabalot sa kaluluwa ay pinaaalis ng maliwanag na sinag ng Araw ng Katuwiran.

Ang bayan ng Dios ang Kanyang kinatawan sa lupa, at layunin Niyang sila ay magsilbing liwanag sa kadilimang pang moral ng sanlibutang ito. Nakakalat sa buong bansa, sa mga bayan, lungsod at libis, sila ang mga tagapagpatotoo ng Dios, ang mga kasangkapang sa pamamagitan noon ay rnapararating Niya sa di naniniwalang sanlibutan ang kaalaman tungkol sa Kanyang kalooban at ang kagandahan ng Kanyang biyaya. Panukala Niyang ang lahat ng nakikibahagi sa dakilang kaligtasan ay maging mga misyonero Niya. Ang katapatan ng Kristiano ang bumubuo sa pamantayan na sa pamamagitan

noon ay tinitimbang ng mga nasa sanlibutan ang ebanghelyo. Ang mga pagsubok na dinala ng may pagtitiis, pagpapala na tinanggap ng may pagpapasalamat, kaamuan, kabaitan, pagkahabag, at pag-ibig, na pala- ging inihahayag, ang mga liwanag na nagniningning sa likas sa sanlibutan, inihahayag ang kabaliktaran nito sa kadilimang
[155] nagmumula sa pagkamakasarili ng katutubong puso.

Mayaman sa pananampalataya, marangal sa pagkamapagbigay, di humahapay na pagsunod, at nagpapakumbaba sa kapayakan ng kanyang buhay manlalakbay, si Abraham ay matalino rin sa pakikitungo at matapang at mahusay sa pakikidigma. Sa kabila ng pagkakilala sa kanya bilang isang tagapagturo ng isang bagong relihiyon, tatlong makaharing magkakapatid, ang hari sa kapatagan ng Amorrheo kung saan siya ay nanirahan, ang nagpahayag ng kanilang pakikipagkaibigan sa pamamagitan ng pag-aanyaya sa kanya upang makiisa sa kanila upang magkaroon ng higit na malakas na katatagan sapagkat ang bansa ay puno ng karahasan at pang-aapi. At isang pangyayari ang pagdaka'y bumangon upang kanyang kasangkapanin ang pakikiisang ito.

Si Chedorlaomer, hari ng Elam, ay pumasok sa Canaan labing-apat na taon na ang nakalipas, at ipinailalim iyon sa kanyang kapangyarihan. Ang ilan sa mga prinsipe ay naghimagsik, at ang hari ng Elam, kasama ang apat pang katulong, ay muling nagmartsa patungo sa bansa upang yaon ay pasukin. Limang mga hari ng Canaan ang nagsanib ng kanilang mga puwersa upang salubungin ang mga suma- salakay sa lambak ng Siddim, ngunit lubos na matalo lamang. Ang malaking bahagi ng hukbo ay pinagpira-piraso, at yaong mga naka- takas ay nagsitakbo sa mga bundok upang maligtas. Ang nga nagwagi ay lumusob sa mga lungsod na kapatagan at umalis dala ang maraming samsam at maraming bihag, kabilang doon si Lot at ang kanyang sambahayan.

Si Abraham, matahimik na naninirahan sa ilalim ng mga encina ng Mamre, ay nakaalma mula sa isang takas ang salaysay ng labanan at ang sakunang sumapit sa kanyang pamangkin. Wala siyang nakatanim na anumang masamang alaala tungkol sa pagka walang utang na loob ni Lot. Ang lahat ng magandang pagtingin niya sa kanya ay nagising, at ipinasya niyang siya ay dapat mailigtas. Sa pagsangguni, una sa lahat, sa banal na payo, si Abraham ay naghanda sa pakikidigma. Mula sa sarili niyang kampo siya ay nagsama ng

tatlong daan at labing walong sanay na mga lingkod, mga lalaking sinanay na may pagkatakot sa Panginoon, sa paglilingkod sa kanilang panginoon, at sa paggamit ng mga sandata. Ang kanyang mga kaisa, na sina Mamre, Eschol, at Aner, ay sumama sa kanya kasama ang kanilang mga hukbo, at sama-sama nilang hinabol ang mga manlalakbay. Ang mga Elamita at ang kanilang mga kasama [156]
ay nagkampo sa Dan, sa Hilagang hangganan ng Canaan. Puno ng pagtatagumpay, at walang pinanga- ngambahang pagsalakay ng kanilang mga kalaban, ay ibinuhos nila ang kanilang mga sarili sa pagsasaya. Binahagi ng patriarka ang kanyang puwersa upang sumalakay mula sa iba't-ibang panig, at lumusob sa kampo nang gabi. Ang kanyang pagsalakay, na malakas at di ina- asahan ay humantong sa mabilis na pagtatagumpay. Ang hari ng Elam ay napatay at ang kanyang puwersang tinamaan ng takot ay lubos na napuksa. Si Lot at ang kanyang sambahayan, kasama ang lahat ng mga bihag at ang kanilang mga ari-arian, ay nabawi, at isang malaking kayamanan ang nahulog sa kamay ng mga nagtagumpay. Kay Abraham, sa ilalim ng Dios, dapat ang tagumpay ay bayaran. Ang sumasamba kay Jehova ay hindi lamang nakapagbigay ng isang malaking paglilingkod sa bansa, kanya ring napatunayan ang kanyang kagitingan. Nahayag na ang pagiging matuwid ay hindi kaduwagan, at ang relihiyon ni Abraham ay nagpalakas ng kanyang loob sa pag- iingat sa wasto at pagtatanggol sa inaapi. Ang dakilang nagawa niya ay nagbigay sa kanya ng isang malawak na impluwensya sa mga nakapaligid na tribo. Sa kanyang pag-uwi, ang hari ng Sodoma ay dumating kasama ang kanyang mga tauhan upang parangalan ang manlulupig. Pinagsabihan niya siyang kunin ang mga ari-arian, naki- kiusap lamang na ibalik ang mga bihag. Sa mga digmaan, ang samsam ay nauukol sa manlulupig; subalit ginawa ni Abraham ang pakiki- pagbakang iyon ng walang ano mang layuning kumita, at tumanggi siyang pagsamantalahan ang mga sawing palad, tiniyak lamang na ang kanyang mga kasama ay tumanggap ng kaukulang bahagi.

Kakaunti, ang kung mapapasa ilalim ng ganoong pagsubok, ang magpapahayag ng tulad sa marangal na ginawa ni Abraham. Iilan ang maaaring tumanggi sa tuksong kumamkam ng gano'n karaming ari-arian. Ang kanilang halimbawa ay isang sumbat sa pagkamakasarili, na mukhang salapi. Kinikilala ni Abraham ang hinihiling

ng katarungan at pagkamakatao. Ang ginawa niya ay naglalarawan sa kinasihang kasabihan, "Ibigin ninyo ang inyong kapwa na gaya ng inyong sarili." Levitico 19:18. "Itinaas ko ang aking kamay" sabi niya, "sa Panginoong Dios na Kataas-taasan, na may ari ng langit at ng lupa, Isinumpa kong hindi ako kukuha maging isang sinulid, o maging isang panali ng pangyapak, o ng anumang nauukol sa iyo, baka iyong sabihin, Pinayaman ko si Abraham." Hindi siya
[157] magbibigay sa kanila ng anumang okasyon upang isiping siya ay nakipagdigma upang kumita, o upang ipalagay na ang kanyang pag-unlad ay dahilan ng kanilang mga kaloob o kabutihan. Ang Dios ay nangakong pagpa- palain si Abraham, at sa Kanya, ang lahat ng pagluwalhati ay dapat iukol.

Ang isa pang dumating upang salubungin ang matagumpay na Patriarka ay si Melquisedec, hari ng Salem, na nagdala ng tinapay at alak upang magpalamig sa kanyang hukbo. Bilang "saserdote ng Kataas-taasang Dios," siya ay bumigkas ng pagpapala para kay Abraham, at nagbigay ng pasalamat sa Panginoon, na nagsagawa ng gano'ng kadakilang pagliligtas sa pamamagitan ng Kanyang lingkod. At ibinigay ni Abraham sa kanya ang "ikasampung bahagi ng buong samsan."

Si Abraham ay malugod na bumalik sa kanyang tolda at mga alagang hayop, subalit ang kanilang isip ay ginambala ng mga malulupit na kaisipan. Siya ay naging isang tao ng kapayapaan, hangga't maaari ay umiiwas sa galit at pakikipaglaban; at may pagkatakot niyang binalikan sa pag-iisip ang tanawin ng nasaksihan niyang patayan. Subalit ang mga bansang kanyang tinalo ay tiyak na muling sasalakay sa Canaan, at gagawin siyang tanging layunin ng kanilang paghihiganti. Sa pagka- kasangkot sa gano'ng pakikipaglaban ng bansa, ang mapayapang kata- himikan ng kanyang buhay ay masisira. Higit pa roon, hindi pa napapasa kanya ang Canaan, ni hindi siya makaasang mayroon siyang tagapagmana, na sa kanya ang pangako ay maaaring matupad.

Sa isang pangitain sa gabi ang banal na Tinig ay muling narinig. "Huwag kang matakot, Abram," ay mga salita ng Prinsipe ng mga prinsipe: "Ako ang iyong kalasag, at ang iyong gantimpala na lubhang dakila." Subalit ang kanyang isip ay puno ng mga pangamba na hindi niya ngayon mahagip ang pangako ng may lubos na pagtitiwala gaya ng dati. Nanalangin siya para sa isang hayag na katibayan

na iyon ay matutupad. At papaano ang pangako ng tipan matutupad, samantalang ang kaloob na isang anak ay hindi pa naibibigay? "Anong ibibigay mo sa akin," sabi niya, "kung ako'y nabubuhay na walang anak?" "At, narito't isang ipinanganak sa aking bahay ang siyang tagapagmana ko." Iminungkahi niyang gawing anak sa pamamagitan ng pag-ampon ang pinagkakatiwalaan niyang katulong na si Eliezer, at gawing tagapagmana ng kanyang mga ari-arian. Subalit tiniyak sa kanya na isang sarili niyang anak ang magiging tagapagmana. At siya ay dinala sa labas ng tolda, at pinatingin sa di [158] mabilang na mga bituin na nag- kikislapan sa mga langit; at samantalang siya'y nakatingin, ang mga salita ang binanggit, "Magiging ganyan ang iyong binhi." "At suma- mpalataya si Abraham sa Dios, at sa kanya'y ibinilang na katuwiran." Roma 4:3.

Ang patriarka ay humingi pa rin ng ilang hayag na katunayan bilang isang pagpapatibay sa kanyang pananampalataya at bilang pa- totoo sa mga susunod na lahi sa kanila na ang layunin ng mapagpalang Dios para sa kanila ay magaganap. Ang Dios ay nagpakababa upang pumasok sa isang pakikipagtipan sa kanyang lingkod, at gumamit ng paraang ginagamit noon sa pagpapatibay sa isang solemneng ka- sunduan. Sa kahilingan ng Dios, si Abraham ay naghandog ng isang dumalagang baka, isang babaeng kambing, isang lalaking tupa, na ang bawat isa ay may tatlong taong gulang, at binahagi ang mga katawan noon at ang mga piraso ay pinaglayo-layo ng kaunti. Dito ay idinagdag niya ang isang bato-bato at isang inakay na kalapati, na, sa gano'ng kalagayan ay ni hindi na piniraso. Nang maiayos ang mga ito, siya ay magalang na dumaan sa pagitan ng mga bahagi ng hain, at gumawa ng isang solemneng panata na patuloy na susunod sa Dios. Lubos na nagmamasid at di nakikilos, siya ay nanatili sa tabi ng mga bangkay na iyon ng hayop hanggang sa lumubog ang araw, upang mabantayan ang mga iyon mula sa pagkasira o mula sa mga ibong mandaragit. Nang malapit nang lumubog ang araw siya ay nakatulog ng mahimbing; at, "narito, ang isang kasindak-sindak na malaking kadiliman ay suma kanya." At ang tinig ng Dios ay narinig, sinasabihang huwag umasang kaagad kakamtan ang Lupang Pangako, at inihayag ang magiging paghihirap ng kanyang angkan bago sila matatatag sa Canaan. Dito ay binuksan sa kanya ang panukala ng pagtubos, sa pagkamatay ni Kristo, ang dakilang hain, at ang Kanyang pagdating

sa kaluwalhatian. Nakita rin ni Abraham ang lupang naisauli sa dating kagandahan sa Eden, na ibibigay sa kanya na pinaka mana ng pangwalang hanggan, bilang wakas at ganap na katuparan ng pangako.

Bilang panata sa pakikipagkasunduang ito ng Dios sa tao, isang hurnong umuusok at isang tanglaw na nagniningas, na simbolo ng Kanyang pakikiharap, ang dumaan sa pagitan ng mga bangkay, na lubos na umubos sa kanila. At muli ay isang tinig ang narinig ni Abraham, na pinagtitibay ang pagkakaloob ng lupain ng Canaan sa
[159] kanyang mga anak, "mula sa ilog ng Ehipto hanggang sa malaking ilog, na ilog Eufrates."

Noong si Abraham ay malapit nang maka dalawampu't limang taon sa Canaan, ang Panginoon ay napakita sa kanya, at nagsabi, "Ako ang Dios na Makapangyarihan sa lahat lumakad ka sa harapan Ko, at magpakasakdal ka." Sa pagkamangha, ang patriarka ay nagpatirapa, at ang pagpapahayag ay nagpatuloy: "Narito, ang Aking tipan ay sumasaiyo, at ikaw ang magiging ama ng maraming bansa." Bilang tanda ng pagsasakatuparan ng pangakong ito, ang kanyang pangalan, na hanggang dito ay tinawag na Abram, ay pinalitan ng Abraham, na ang ibig sabihin ay, "ama ng maraming bansa." Ang pangalan ni Sarai ay naging Sara—"princesa," sapagkat, sabi ng banal na Tinig, "siya'y magiging ina ng mga bansa; ang mga hari ng mga bayan ay magmumula sa kanya."

Sa panahong ito ang pagpapatuli ay ibinigay kay Abraham bilang "isang tatak ng katuwiran ng pananampalataya na nasa kanya samantalang siya'y nasa di-pagtutuli." Roma 4:11. Iyon ay kinakailangang isagawa ng patriarka at ng kanyang mga anak bilang tanda na sila ay nakatalaga sa paglilingkod sa Dios at sa ganoong paraan ay nakabukod sa mga sumasamba sa diyus-diyusan, at sila'y tinanggap ng Dios bilang natatanging kayamanan Niya. Sa pamamagitan ng seremonyang ito sila ay nakatalagang gumanap, bilang kanilang bahagi, sa mga kundisyon ng pakikipagtipan ni Abraham. Sila ay hindi dapat magpa- kasal sa mga hindi naniniwala sa Dios; sapagkat sa pamamagitan noon ay mawawalan sila ng paggalang sa Dios at sa Kanyang banal na kautusan; sila ay matutuksong makilahok sa mga makasalanang isinasagawa ng ibang mga bansa, at maaakit sa pagsamba sa diyus- diyusan.

Ang Dios ay nagpataw kay Abraham ng dakilang karangalan. Ang mga anghel ng langit ay lumalakad at nakikipag-usap sa kanya ng tulad sa magkaibigan. Noong ang hatol ay malapit ng ihulog sa Sodoma, ang bagay na iyon ay hindi naging lihim sa kanya, at siya ay naging isang tagapamagitan sa Dios para sa mga makasalanan. Ang Kanyang pakikipag-usap sa mga anghel ay nagpapahayag ng isang magandang halimbawa ng pagiging mapagpatuloy.

Sa katanghaliang tapat ng mainit na tag-araw ang patriarka ay nakaupo sa harapan ng pinto ng kanyang tolda, nakatingin sa labas sa matahimik na lupain, nang makita niya sa malayo ang tatlong manlalakbay na dumarating. Bago makarating sa kanyang tolda, ang mga manlalakbay ay tumigil na wari'y nag-usisaan tungkol sa [160]
kanilang patutunguhan. Hindi na naghintay pang sila ay humiling ng ano man, si Abraham ay nagmadaling tumindig, at samantalang sila'y tila pumipihit na tungo sa ibang direksion, ay hinabol niya sila, at taglay ang lubos na paggalang ay nakiusap sa kanila na parangalan siya sa pamamagitan ng pagtigil upang makapagpalamig. Sa pamamagitan ng kanyang mga kamay sila'y makapaghugas. Siya rin ang pumili ng kanilang makakain, at samantalang sila'y nagpapahinga sa ilalim ng nakapagpapalamig na lilim, ang pagkain ay inihanda, at siya'y maga- lang na tumayo sa piling nila samantalang sila'y nagsasalo sa kanyang pagiging mapagtanggap. Ang gawaing ito ng pagiging magalang ay ganap na pinahalagahan ng Dios upang mapatala sa kanyang Salita; at pagkalipas ng isang libong taon iyon ay tukuyin ng kinasihang apostol: "Huwag ninyong limutin ang pagpapakita ng pag-ibig sa mga taga ibang lupa: sapagkat sa pamamagitan nito ang iba'y walang malay na nakapagpapatuloy ng mga anghel." Hebreo 13:2.

Si Abraham ay nakakita lamang sa kanyang mga panauhin ng tatlong pagod na manlalakbay, walang kaisip-isip na ang isa sa kanila ay Isa na maaari niyang sambahin nang hindi nagkakasala. Subalit ang tunay na likas ng tatlong makalangit na mga mensahero ay hindi inihayag. Bagaman sila ay nasa kanilang landas bilang mga tagapaglingkod ng kagalitan, gano'n pa man para kay Abraham, na lalaki ng pananampalataya, sila ay nagsalita muna ng pagpapala. Bagaman ang Dios ay mahigpit sa pagtatanda ng kasamaan at sa pagpaparusa sa pagsalangsang, Siya ay hindi nalulugod sa paghihiganti. Ang

gawain ng pagwasak ay isang “kakaibang gawain” para sa Kanya na walang hanggan sa pag-ibig.

“Ang pakikipagkaibigan ng Panginoon ay nasa nangatatakot sa Kanya.” Awit 25:14. Pinarangalan ni Abraham ang Dios, at siya ay pinarangalan ng Panginoon, na siya’y pinasangguni sa Kanya, at inihayag sa kanya ang Kanyang mga panukala. “Ililihim ko ba kay Abraham ang Aldng gagawin?” sabi ng Panginoon. “Sapagkat ang sigaw ng Sodoma at Gomorra ay malakas, at sapagkat ang kasalanan nila ay napakalubha; ay bababa ako ngayon at titingnan ko kung ginagawa nga ang sigaw na dumarating sa akin; at kung hindi ay aking malalaman.” Alam ng Dios kung gaano kasama ang Sodoma; subalit inihahayag Niya ang Kanyang sarili sa paraan ng mga tao, upang ang katarungan ng Kanyang pakikitungo ay maunawaan.
[161] Bago patawan ng hatol ang mga mananalangsang Siya mismo ay pupunta, upang suriin ang kanilang ginagawa; kung hindi pa nila nalalampasan ang hangganan ng banal na awa, ay bibigyan pa Niya sila ng pag- kakataon upang magsisi.

Ang dalawa sa makalangit na tagapagbalita ay umalis, iniwan si Abraham na nag-iisa kasama ng Isa na ngayon ay alam na niyang ang Anak ng Dios. At ang lalaki ng pananampalataya ay nakiusap para sa mga naninirahan sa Sodoma. Minsan ay iniligtas niya sila sa pamamagitan ng tabak, ngayon ay sinisikap niya silang iligtas sa pamamagitan ng panalangin. Si Lot at ang kanyang sambahayan ay naninirahan pa rin doon; at ang di makasariling pag-ibig na nag-udyok kay Abraham upang iligtas sila mula sa mga Elamita, ngayon ay sinisikap iligtas sila, kung iyon ay kalooban ng Panginoon, mula sa bagyo ng kahatulan ng Dios.

May lubos na paggalang at pagpapakumbaba ay ipinilit niya ang kanyang pakiusap: “Nangahas akong magsalita sa Panginoon, akong alabok at abo lamang.” Walang pagtitiwala sa sarili, walang pagma- malaki sa sarili niyang katuwiran. Hindi siya humiling dahilan sa kanyang pagsunod, o dahil sa mga pagsasakripisyong dinanas niya sa pagsasakatuparan ng kalooban ng Dios. Siya na isang makasalanan, ay nakiusap alang-alang sa mga makasalanan. Ang gano’ng espiritu ang kinakailangang taglayin ng lahat ng lumalapit sa Dios. Gano’n pa man si Abraham ay naghayag ng pagtitiwala ng isang anak na nakikiusap sa isang minamahal na ama. Siya ay lumapit sa makalangit na Tagapagbalita at mataimtim na iniharap

ang kanyang kahilingan. Bagaman si Lot ay nanirahan sa Sodoma, ay hindi siya nakibahagi sa kasamaan ng mga naninirahan doon. Inisip ni Abraham na marami pang iba sa mataong lungsod na iyon ang sumasamba sa tunay na Dios. Dahil dito siya ay nakiusap, "Malayo nawa sa Iyo ang paggawa ng ganito, na ang banal ay iyong pataying kasama ng masama:... malayo nawa ito sa Iyo: Di ba gagawa ng matuwid ang Hukom ng buong lupa?" Si Abraham ay nagtanong ng di iisang beses lamang, kundi maraming beses. Nagiging higit na matapang samantalang ang kanyang kahilingan ay tinutugon, siya ay nagpatuloy hanggang matamo niya ang kasiguruhang kung may sampung matuwid ang masusum- pungan doon, ang lungsod ay hindi gugunawin.

Ang pag-ibig sa kaluluwang nasa kapahamakan ang nag-udyok sa panalangin ni Abraham. Samantalang kinamumuhian niya ang kasa- lanan ng masamang lungsod, nais niya na ang mga [162]
makasalanan ay maligtas. Ang taimtim niyang pagpapahalaga sa Sodoma ay nagpapa- kita ng kalungkutan na kinakailangan nating madama sa mga makasalanan. Kinakailangang magkaroon tayo ng galit sa kasalanan, subalit habag at pag-ibig ang para sa makasalanan. Sa paligid natin ay ang mga kaluluwang nagtutungo sa kapahamakan sa kawalan ng pag-asa, at sa kakilabutang tulad ng napasa Sodoma. Araw-araw ang pinto ng awa para sa iba ay nagsasara. Bawat oras ang ilan ay lumalampas sa hangganang hindi na maaabot ng awa. At nasaan ang mga tinig ng babala at pakiusap upang himukin ang makasalanan na tumakas mula sa kakila-kilabot niyang kawakasan? Nasaan ang mga kamay na inia- abot sa kanya upang hilain siya mula sa kamatayan? Nasaan yaong sa pagpapakumbaba at mapagtiis na pananampalataya ay makikiusap sa Dios para sa kanya?

Ang espiritu ni Abraham ay Espiritu ni Kristo. Ang Anak ng Dios mismo ang dakilang Tagapamagitan para sa makasalanan. Siya na nagbayad ng halagang pantubos ay alam ang halaga ng kaluluwa ng tao. May galit sa kasamaan na maaaring mapasa isa lamang na ang likas ay walang dungis ang kadalisayan, si Kristo ay nagpahayag sa makasalanan ng isang pag-ibig na ang makababatid lamang ay ang walang hanggang kabutihan. Sa mga kahirapan ng pagkapako sa krus, taglay sa Kanyang sarili ang bigat ng kasalanan ng buong sanlibutan, ay nanalangin siya sa mga nangalilibak at pumapatay sa

Kanya, "Ama, patawarin mo sila sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa." Lucas 23:34.

Tungkol kay Abraham ay nasulat na "siya'y tinawag na kaibigan ng Dios," "ama ng lahat ng mga nagsisisampalataya." Santiago 2:23; Roma 4:11. Ang patotoo ng Dios tungkol sa matapat na patriarkang ito' ay, "Sinunod ni Abraham ang Aking tinig, at ginanap ang Aking bilin, ang Aking mga utos, ang Aking mga palatuntunan at ang Aking mga kautusan." At muli, "siya'y Aking kinilala upang siya'y mag-utos sa kanyang sambahayan, at mga anak, na maingatan nila ang daan ng Panginoon, na gumawa ng kabanalan, at kahatulan; upang pagdating ng Panginoon, kay Abraham ang kanyang ipinangako tungkol sa kanya." Isa iyong mataas na karangalan na itinawag kay Abraham, sa pagiging ama ng mga tao na sa loob ng maraming daang taon ay naging tagapag-ingat ng katotohanan ng Dios para sa sanlibutan—ng mga tao na iyon na sa pamamagitan nila ang lahat
[163] ng mga bansa sa lupa ay pagpapalain sa pagdating ng ipinangakong Mesiyas. Subalit Siya na tumawag sa patriarka ay ibinilang silang karapat-dapat. Ang Dios ang nagsasalita. Siya na nakababatid ng iniisip, at naglalagay ng tamang pagpapahalaga sa tao, ay nagsabi, "Siya'y aking kinilala." Kay Abraham ay walang ano mang pagtataksil sa katotohanan para sa makasariling layunin. Kanyang iingatan ang kautusan at makikitungo na may katarungan at katuwiran. At hindi niya kinatatakutan ang Panginoon ng siya lamang, sa halip ay kanyang papalaguin ang relihiyon sa kanyang tahanan. Kanyang tuturuan ang kanyang sambahayan sa katuwiran. Ang kautusan ng Dios ang magiging patakaran ng kanyang sambahayan.

Ang sambahayan ni Abraham ay binubuo ng mahigit sa isang libong kaluluwa. Yaong mga naakay ng kanyang mga itinuturo upang sumamba sa iisang Dios, ay nakasumpong ng tahanan sa kanilang kampamento; at dito tulad sa isang paaralan, siya ay tumatanggap ng mga aral na makapaghahanda sa kanila upang maging mga kinatawan ng tunay na pananampalataya. Kung kaya isang malaking kapanagutan ang nakasalalay sa kanya. Sinasanay niya ang mga ulo ng tahanan, at ang mga pamamaraan ng kanyang pangangasiwa ay madadala sa mga tahanan na kinakailangang kanilang pangasiwaan.

Noong mga panahong una ang ama ang hari at saserdote ng sarili niyang sambahayan, at siya ay may kapamahalaan sa kanyang mga anak, maging hanggang sa sila ay magkaroon na ng sarili ni-

lang sambahayan. Ang kanilang mga inapo ay tinuturuan upang tumingin sa kanya bilang kanilang pinuno sa mga bagay tungkol sa relihiyon at iba pang mga bagay. Ang paraang ito ng pamamahala sa pamamagitan ng patriarka ang sinikap na papagibayuhin ni Abraham, sapagkat ito ay humahantong sa pagpapanatili ng kaalaman tungkol sa Dios. Iyon ay kailangan upang bigkising sama-sama ang sambahayan, upang makalikha ng hadlang ang pagsamba sa diyus-diyusan na naging lubhang laganap at malala. Sinikap ni Abraham ng buo niyang ma- kakaya upang ang kanyang mga kasama sa kampo ay maiiwas sa pakikisalamuha sa mga hindi kumikilala sa Dios at masaksihan ang kanilang maka diyus-diyusang isinasagawa, sapagkat alam niya na ang lubos na pagkakilala ng kasamaan ay di namamalayang nakakasira sa mga paninindigan. Lubos na pag-iingat ang isinagawa upang ma- ilayo ang lahat ng anyo ng maling relihiyon at upang maikintal sa isipan ang karilagan at kaluwalhatian ng buhay sa Dios bilang tunay na layunin ng pagsamba. [164]

Yaon ay isang mahusay na kaayusan na ang Dios rin ang naghanda, upang ihiwalay ang kanyang bayan, hanggang maihihiwalay sa pag- kakaroon ng kaugnayan sa mga hindi kumikilala sa Dios, ginagawa silang isang bayang namumuhay ng sila lamang, at hindi kabilang sa mga bayan. Hiniwalay niya si Abraham mula sa kanyang mga kamag- anak na sumasamba sa diyus-diyusan, upang masanay at maturuan ng patriarka ang kanyang sambahayan hiwalay sa nakahihilang impluwensya na maaaring nakapalibot sa kanila sa Mesopotamia, at upang ang tunay na pananampalataya ay maingatan sa kadalisayang yaon ng kanyang mga inapo mula sa isang lahi tungo sa isang lahi.

Ang pag-ibig ni Abraham sa kanyang mga anak at sa kanyang sambahayan ang nag-akay sa kanya upang ingatan ang kanyang pananampalataya, upang ibahagi sa kanila ang isang kaalaman tungkol sa mga banal na kautusan, bilang pinakamahalagang pamana na maiiwan niya sa kanila, at sa pamamagitan nila sa sanlibutan. Ang lahat ay tinuruang sila ay nasa ilalim ng pamumuno ng Dios ng kalangitan. Kinakailangang walang pang-aapi mula sa mga magulang at walang pagsuway mula sa mga anak. Inilalahad ng kautusan ng Dios ang tungkulin ng bawat isa, at sa pagsunod lamang doon ang sino man ay maaaring magkaroon ng kasiyahan at kasaganahan.

Ang sarili niyang halimbawa, ang matahimik na impluwensya ng kanyang araw-araw na pamumuhay, ay isang nagpapatuloy na aralin. Ang di sumisinsay na katapatan, ang pagiging mapagbigay, at ang di makasariling paggalang, na nagkamit ng paghanga ng mga hari, ay inihahayag sa tahanan. Mayroong kabanguhan tungkol sa buhay, isang marangal at kaibig-ibig na likas, na naghahayag sa lahat na siya ay may kaugnayan sa langit. Hindi niya kinakaligtaan ang kaluluwa ng pinaka abang katulong. Sa kanyang sambahayan ay walang ibang batas para sa panginoon at iba para sa katulong; isang makaharing daanan para sa mayaman at ibang daanan para si mahirap. Ang lahat ay pinakikitunguhang may katarungan at kahabagan, bilang mga kasama niyang tagapagmana ng biyaya ng buhay.

"Siya'y mag-uutos sa kanyang... sambahayan." Hindi magkakaroon ng makasalanang pagpapabaya upang maiwasto ang masasamang hilig ng kanyang mga anak, walang malambot, di mahusay, na pagtatangi; walang pagpapahintulot sa mga kahilingan ng di tamang pagmamahal. Si Abraham ay di lamang magbibigay
[165] ng tamang aral, kundi kanyang pananatilihin ang awtoridad ng mga matuwid at makatuwirang kautusan.

Ilan lamang sa ating kapanahunan ang sumusunod sa kanyang halimbawa! Sa bahagi ng napakaraming mga magulang ay mayroong bulag at makasariling pagpapahalaga, di tamang pagmamahal, na nahahayag sa pagpapabaya sa kanilang mga anak, sa kanilang di pa hustong kapasyahan at di naturuang mga hilig, sa pagpigil ng sarili nilang kalooban. Ito ang pinakamalalang kalupitan sa mga kabataan at isang pinakamalaking kasalanan sa sanlibutan. Ang pagpapabaya ng mga magulang ay humahantong sa pagkawasak ng pamilya at ng lipunan. Pinagtitibay nito sa kabataan ang pagnanasang sundin ang hilig, sa halip na sumang-ayon sa inaasahan ng Dios. Kung kaya sila ay lumalaki na may pusong labag sa pagsasakatuparan ng kalooban ng Dios, at kanilang ibinabahagi ang kanilang hiwalay sa relihiyon, at di napapasakop na espiritu sa kanilang mga anak na mga anak ng kanilang mga anak. Tulad ni Abraham, kinakailangang mag-utos ang mga magulang sa kanilang mga anak. Papangyarihing ang pagsunod sa magulang ay maituro at maipairal bilang unang hakbang ng pagsunod sa kapangyarihan ng Dios.

Ang di wastong pagpapahalaga na inilalagay sa kautusan ng Dios maging ng namumuno sa relihiyon, ay nagbunga ng malaking kasamaan. Ang aral na naging laganap, na ang banal na kautusan ay wala nang bisa sa tao, ay tulad sa epekto ng pagsamba sa diyus-diyusan sa moralidad ng tao. Yaong mga nagsisikap bawasan ang mga hinihiling ng banal na kautusan ng Dios ay pumapalo sa mismong pundasyon ng pamahalaan ng mga pamilya at ng mga bansa. Ang mga maka- Dios na mga magulang na kinakaligtaan lumakad ayon sa Kanyang mga utos, ay di nag-uutos sa kanyang sambahayan upang pangha- wakan at ingatan ang daan ng Panginoon. Ang kautusan ng Dios ay di ginagawang patakaran ng buhay. Ang mga anak, samantalang sila ay nagtatatag ng sarili nilang mga tahanan, ay di nakadarama ng tungkulin upang turuan ang mga anak ng mga bagay na sa kanila mismo ay hindi naituro. At ito ang dahilan kung bakit maraming mga tahanan ang walang kinikilalang Dios; ito ang dahilan kung bakit ang ganoong pagkukulang ay lubhang malala at laganap.

Malibang ang mga magulang na rin sa kautusan ng Panginoon ng may sakdal na puso sila ay hindi mahahanda upang mag-utos sa kanilang mga anak na sumusunod sa kanila. Ang isang pagbabago tungkol sa bagay na ito ay kailangan—isang pagpapani- [166]
bago na magiging malalim at malawak. Ang mga magulang ay kinakailangang magbago; ang mga ministro ay kinakailangang magbago; kailangan nila ang Dios sa kanilang mga sambahayan. Kung nais nilang makakita ng pagbabago, kinakailangang dalhin nila ang salita ng Dios sa kanilang tahanan at gawing kanilang tagapayo. Kinakailangang ituro nila sa kanilang mga anak na iyon ang tingin ng Dios para sa kanila at iyon ay kinakailangang matapat na sundin. Kinakailangang matiyaga nilang tuturuan ang kanilang mga anak, may kabaitan at walang kapagurang nagtuturo sa kanila kung paanong mabuhay sa paraang nakapagbibigay kaluguran sa Dios. Ang mga anak ng ganoong sambahayan ay handa upang harapin ang katusuhan ng mga di naniniwala sa Dios. Kanilang tinanggap ang Banal na Kasulatan bilang batayan ng kanilang pananampalataya, at sila ay mayroong isang patibayang hindi maaanod ng dumarating na baha ng di pagsampalataya.

Sa maraming mga tahanan ang pananalangin ay kinakaligtaan. Ini- isip ng mga magulang na sila ay wala nang panahon ukol sa

pagsamba sa umaga at sa hapon. Hindi sila makagugol ng ilang sandali upang pasalamatan ang Dios para sa masagana Niyang kaawaan—para sa mapagpalang sikat ng araw at patak ng ulan, na nagpapatubo sa mga halaman, at sa pag-iingat ng mga tagapagbantay na mga anghel. Wala silang panahon upang manalangin para sa tulong at pagpatnubay ng Dios at para sa nananatiling presensya ni Jesus sa sambahayan. Sila ay humahayo sa paggawa kung paanong ang kabayo at ang palakol ay humahayo, na walang isa mang kaisipang tungkol sa Dios o sa langit. Sila ay may mga kaluluwang gano'n na lamang ang halaga na sa halip na sila ay pabayaan na lamang na walang pag-asa, ay ibinigay ng Anak ng Dios ang Kanyang buhay upang sila ay tubusin; subalit pinahahalagahan nila ang Kanyang dakilang kabutihan ng higit lamang ng kaunti sa pagpapahalaga ng mga hayop na nanga- papahamak.

Tulad sa patriarka nang una, yaong mga nagpapanggap na umiibig sa Dios ay kinakailangang magtayo ng altar ukol sa Panginoon saan man sila magtayo ng kanilang tolda. Kung mayroong panahon na kinakailangang ang bawat bahay ay maging bahay dalanginan, iyan ay ngayon na. Ang mga ama at ina ay kinakailangang malimit na magtaas ng kanilang puso sa Dios sa isang mapagpakumbabang pananalangin para sa kanilang mga sarili at mga anak. Mangyaring
[167] ang ama, bilang saserdote ng sambahayan, ay mag-alay ng pang umaga at pang hapong hain sa altar ng Dios, samantalang ang asawa at mga anak ay umuugnay sa pananalangin at pagpupuri. Sa gano'ng sambahayan si Jesus ay magnanais manirahan.

Mula sa tahanan ng bawat Kristiano ay kinakailangang magningning ang isang banal na liwanag. Ang pag-ibig ay kinakailangang mahayag sa kilos. Iyon ay kinakailangang dumaloy sa lahat ng isinasagawa sa tahanan, nahahayag sa kabaitang may pagiging maaalalahanin, mahi- nahon, at di makasariling paggalang. Mayroong mga tahanan kung saan ang mga prinsipyong ito ay isinasakatuparan—mga tahanan kung saan ang Dios ay sinasamba at ang pinakatunay na pag-ibig ay nangingibabaw. Mula sa mga tahanang ito ang pagdalangin sa umaga at sa gabi ay pumapailanlang sa Dios bilang matamis na insenso, at ang Kanyang mga kaawaan at pagpapala ay bumababa naman sa nananalangin tulad ng hamog sa umaga.

Ang isang maayos na Kristianong tahanan ay isang makapangyarihang patotoo patungkol sa katotohanan ng relihiyong Kristiano—isang patotoo na hindi matatanggihan ng mga hindi naniniwala sa Dios. Makikita ng lahat na mayroong isang impluwensya na kumikilos sa sambahayan na nakaaapekto sa mga anak, na ang Dios ni Abraham ay sumasa kanila. Kung ang mga tahanan ng mga nag-aangking Kristiano ay mayroong tamang pagkakahubog ng relihiyon, sila ay makapagbibigay ng isang makapangyarihang impluwensya para sa kabutihan. Tunay na sila ay magiging "ilaw ng sanlibutan." Ang Dios ng kalangitan ay nagsasalita sa bawat tapat na magulang sa mga pananalitang binanggit kay Abraham: "Siya'y aking kinilala, upang siya'y mag-utos sa kanyang mga anak at sa kanyang sambahayan pagkamatay niya, na maingatan nila ang daan ng Panginoon, na gumawa ng kabanalan, at kahatulan; upang pagdating ng Panginoon, kay Abraham ang Kanyang ipinangako tungkol sa kanya." [168]

## Kabanata 13—Ang Pagsubok ng Pananampalataya

Ang kabanatang ito ay batay sa Genesis 16; 17:18-20; 21:1-14; 22:1-19.

Tinanggap ni Abraham ng walang pagtatanong ang pangako tungkol sa pagkakaroon ng isang anak na lalaki, subalit hindi siya naghintay upang isakatuparan ng Dios ang sarili Niyang salita sa sarili Niyang panahon at kaparaanan. Ang pagkaantala ay ipinahintulot upang subukin ang kanyang pananampalataya sa kapangyarihan ng Dios; subalit hindi niya napanagumpayan ang pagsubok na ito. Iniisip na imposibleng siya ay magkaroon pa ng anak sa kanyang katandaan, si Sara ay nagmungkahi, bilang isang panukala upang ang panukala ng Dios ay matupad, na ang isa sa kanyang mga katulong na babae ay kunin ni Abraham bilang pangalawang asawa. Ang pagkakaroon ng maraming asawa ay naging gano'n na lamang kalaganap ano pa't iyon ay hindi na itinuturing na isang kasalanan, subalit iyon ay nananatili pa ring paglabag sa kautusan ng Dios, at ikinamamatay ng kabanalan at kapayapaan ng relasyon sa sambahayan. Ang pagiging mag-asawa ni Abraham at ni Agar ay nagbunga ng masama, hindi lamang sa sarili niyang sambahayan, kundi pati sa mga darating pang mga saling lahi.

Sa labis na kapurihan ng karangalan ng bago niyang kalagayan bilang asawa ni Abraham, at umaasang magiging ina ng dakilang bansa na magmumula sa kanya, si Agar ay naging mayabang at mapagmalaki, at pinakitunguhan ng masama ang kanyang among babae. Ang matinding pag-iinggitan ay gumambala sa kapayapaan ng dati'y isang masayang tahanan. Napilitang makinig sa daing ng dalawa, ay walang kabuluhang sinikap ni Abraham upang manumbalik ang pagkakasundo. Bagaman iyon ay dahil sa taimtim na pakiusap ni Sara na gawin niyang asawa si Agar, ngayon ay sinisisi niya siya bilang siyang may kasalanan. Nais niyang mawala ang kanyang karibal; subalit hindi ito maipahintulot ni Abraham; sapagkat si Agar ang magiging ina ng kanyang anak, ayon sa malu-

god niyang inaasahan, ang ipinangakong anak Siya ay katulong ni
Sara, gano'n pa man, at siya ay hinahayaan ni Abraham na pasa
ilalim ng pangangasiwa ng kanyang amo. Ang mapagmataas na es- [169]
piritu ni Agar ay hindi mapalalampas ang karahasan ng pinagagalit
ng kanyang pagkawalang- galang. "Dinuwahagi siya ni Sarai, at si
Agar ay tumakas mula sa kanyang harap."

Siya ay nagtungo sa ilang, at samantalang siya ay nagpapahinga sa tabi ng isang bukal, nag-iisa at walang kaibigan, ang isang anghel ng Panginoon, sa anyong tao ay napakita sa kanya. Tinawag siya bilang "Agar, alila ni Sarai," upang ipaalala sa kanya ang kanyang kalagayan at ang kanyang tungkulin, nagsabi sa kanya, "Magbalik ka sa iyong panginoon, at pahinuhod ka sa kanyang mga kamay." Gano'n pa man kalakip ng panunumbat ay mga salitang nakapag-aaliw. "Dininig ng Dios ang iyong kadalamhatian." "Pararamihin kong mainam ang iyong binhi, na hindi mabibilang dahil sa karamihan." At bilang isang nagpapatuloy na pagpapaalaala ng Kanyang kaawaan, siya ay tinagubiling tawaging Ismael ang kanyang anak, "ang Dios ay makikinig."

Noong si Abraham ay malapit nang mag-isang daang taon ang gulang, ang pangako tungkol sa pagkakaroon ng anak na lalaki ay inulit sa kanya, na may katiyakan na ang magiging tagapagmana ay kinakailangang maging anak ni Sara. Subalit hindi kaagad naunawaan ni Abraham ang pangako. Ang kanyang isip ay kaagad napatuon kay Ismael, nananatili sa kaisipang sa pamamagitan niya ang mga panukala ng Dios ay mangatutupad. Sa kanyang pag-ibig sa kanyang anak ay kanyang sinabi, "Kahimanawari, si Ismael ay mabuhay sa harapan Mo!" At muli ang pangako ay ibinigay, sa pamamagitan ng mga salitang lubos na maiintindihan: "Ang iyong asawang si Sara ay magkakaanak sa iyo; at tatawagin mo ang kanyang ngalang Isaac; at Aking pagtitibayin ang Aking tipan sa kanya." Gano'n pa man ay hindi kinalimutan ng Dios ang dalangin ng ama. "Tungkol kay Ismael," ang sabi Niya, "ay dininig din kita: Narito't aking pinagpala siya,... at siya'y gagawin Kong malaking bansa."

Ang pagkasilang ni Isaac, na naghatid, makalipas ang mahabang buhay ng paghihintay, ng katuparan ng pinakahihintay nilang inaasahan, ay nagbigay ng kagalakan sa mga tolda ni Abraham at ni Sara. Subalit para kay Agar ang pangyayaring ito ang pagbagsak ng

ikinagagalak niyang tinatangkilik na mga ambisyon. Si Ismael, na ngayon ay isa nang kabataan, ay itinuring ng lahat sa kampo bilang
[170] tagapagmana ng mga kayamanan ni Abraham at tagapagmana ng mga pagpapalang ipinangako sa kanyang angkan. Ngayon ay bigla na lamang siyang napasa isang tabi; at sa kanilang kabiguan, ang ina at anak ay kapwa nagkaroon ng galit sa anak ni Sara. Ang pangkalahatang kasiyahan ay nagpatindi sa kanilang inggit, hanggang sa si Ismael ay mangahas na hayagang kutyain ang tagapagmana ng pangako ng Dios. Nakita ni Sara sa magulong disposisyon ni Ismael ang isang magpapatuloy na pagmumulan ng kaguluhan, at siya ay nakiusap kay Abraham, at pinilit na si Agar at si Ismael ay paalisin mula sa kampamento. Ang patriarka ay nabulid sa isang matinding pagkalito. Paano niya mapaaalis si Ismael, ang kanyang anak na lubos pa rin niyang minamahal? Sa kanyang kalituhan siya ay humingi ng pagpatnubay ng Dios. Ang Panginoon, sa pamamagitan ng isang banal na anghel, ay kinausap siyang pagbigyan ang kagustuhan ni Sara; ang kanyang pag-ibig kay Ismael o kay Agar ay di dapat manatili sa daan, sapagkat sa pamamagitan lamang noon maaari niyang mapapanumbalik ang kaayusan at kasiyahan sa kanyang sambahayan. At binigyan siya ng anghel ng nakaaaliw na pangako na bagaman mawawalay mula sa tahanan ng kanyang ama, si Ismael ay hindi pababayaan ng Dios; ang kanyang buhay ay maiingatan, at siya ay magiging ama ng isang malaking bansa. Sinunod ni Abraham ang salita ng anghel, subalit iyon ay lubos na masakit para sa kanya. Ang puso ng ama ay puno ng di mabigkas na kalungkutan samantalang pinaaalis niya si Agar at ang kanyang anak.

Ang utos na ibinigay kay Abraham na may kinalaman sa kabanalan ng pag-aasawa ay isang liksyon para sa lahat ng kapanahunan. Inihahayag noon na ang mga karapatan at kasiyahan ng ganitong relasyon ay kinakailangang maingatan, na magkaroon pa man ng malaking pagsasakripisyo. Si Sara ang natatanging tunay na asawa ni Abraham. Sa kanyang karapatan bilang asawa at ina ay walang sinoman ang may karapatang makibahagi. Kanyang iginalang ang kanyang asawa, at dahil dito siya ay inihayag sa Bagong Tipan bilang isang magandang halimbawa. Subalit hindi niya maipapahintulot na ang pag-ibig ni Abraham ay mapasa iba, at siya ay hindi sinumbatan ng Panginoon sa paghiling na paalisin ang kanyang

karibal. Kapwa si Abraham at si Sara ay nagkulang sa pagtitiwala sa Dios, at ang pagkukulang na ito ang humantong sa pagiging asawa ni Agar.

Tinawag ng Dios si Abraham upang maging ama ng mga tapat, at ang kanyang buhay ay kinakailangang magsilbing halimbawa ng [171] pananampalataya sa mga sumusunod na henerasyon. Subalit ang kanyang pananampalataya ay hindi naging sakdal. Siya ay nagpakita ng di pagtitiwala sa Dios sa pagkakailang si Sara ay kanyang asawa, at muli sa pagiging asawa niya si Agar. Upang maabot niya ang pinakamataas na pamantayan, siya ay ipinailalim ng Dios sa iba pang pagsubok, ang pinakamatindi sa itinawag sa tao upang tiisin. Sa isang pangitain sa gabi siya ay inutusang magtungo sa lupain ng Moria, at doon ay ihandog ang kanyang anak bilang hain sa isang bundok na ipakikita sa kanya.

Sa panahon ng pagtanggap sa utos na ito, si Abraham ay mayroon nang isang daan at dalawampung taon, siya ay itinuturing nang isang matandang tao, maging sa kanyang kapanahunan. Sa kanyang kabataan siya ay naging malakas sa pagsalunga sa kahirapan, at sa pagharap sa panganib, subalit ngayon ang kakisigan ng kanyang kabataan ay lipas na. Ang isa na nasa kalakasan ay maaaring humarap sa mga kahirapan at kapighatian sa maaaring maging sanhi ng pagtigil ng puso sa huling bahagi ng buhay, kapag ang kanyang paa ay nanginginig na patungo sa libingan. Subalit iningatan ng Dios ang Kanyang panghuli, at pinakamatinding pagsubok para kay Abraham hanggang sa siya ay mapuno na ng mga taon, at ninanais na niyang magkaroon ng kapahingahan mula sa kalungkutan at paghihirap.

Ang patriarka ay naninirahan sa Beer-seba, napapaligiran ng kaunlaran at karangalan. Siya ay lubos na mayaman, at kinikilala bilang isang makapangyarihang prinsipe ng mga namumuno sa lupain. Libu-libong mga tupa at baka ang kumakalat sa mga kapatagang lumalampas sa mga hangganan ng kanyang kampamento. Sa bawat panig ay may tolda ng kanyang mga katulong, tirahan ng daan- daang mga tapat niyang mga alipin. Ang ipinangakong anak ay lumaki na sa kanyang piling. Tila pinuputungan ng langit ang kanyang mga pagpapala ang isang buhay ng pagsasakripisyo at paghihintay sa katuparan ng isang pag-asang hindi kaagad natupad.

Sa pagiging masunurin ayon sa pananampalataya, ay iniwan ni Abraham ang kanyang lupang sinilangan—iniwan ang libingan

ng kanyang mga ama at tahanan ng kanyang mga kamag-anak. Siya ay naglagalag sa lupaing kanyang mamanahin. Siya ay matagal na naghintay sa pagsilang ng ipinangakong tagapagmana. Sa utos ng Panginoon ay pinaalis niya ang kanyang anak na si Ismael. At ngayon samantalang ang kanyang anak na matagal niyang
[172] kinasabikan ay nagbibinata, at tila nakikita na ng patriarka ang katuparan ng kanyang mga inaaasahan, ang isang pagsubok na matindi kaysa sa lahat ng ibang pagsubok ay nasa harap niya.

Ang utos ay binigkas sa pamamagitan ng mga salitang maaaring pumighati sa puso ng amang iyon: "Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak na si Isaac, na iyong minamahal..., at ihain mo siya roong handog na susunugin." Si Isaac ang liwanag ng kanyang tahanan, kaaliwan ng kanyang katandaan, at higit sa lahat tagapagmana ng ipinangakong pagpapala. Ang pagkawala ng gano'ng anak ay maaaring makawasak sa puso ng nagigiliw na ama; maaaring makapagpayuko iyon sa namumuti niyang ulo ng dahil sa kapighatian; subalit siya ay inutusang papagdanakin ang dugo ng anak na iyon sa pamamagitan ng sarili niyang kamay. Yaon ay naging tila imposible para sa kanya.

Si Satanas ay naroon upang magmungkahing siya ay maaaring nadadaya, sapagkat ang banal na kautusan ay nagsasabing, "Huwag kang papatay," at hindi ipagagawa ng Dios ang minsan ay Kanyang ipinagbawal. Sa paglabas sa kanyang tolda, si Abraham ay tumingin sa walang ulap na kalangitan, at sinariwa sa isipan ang pangakong ibinigay halos limangpung taon na ang nakalilipas, na ang kanyang binhi ay di mabibilang tulad ng mga bituin. Kung ang pangakong ito ay matutupad sa pamamagitan ni Isaac, bakit lanakailangan siyang patayin? Si Abraham ay tinuksong maniwala na maaaring siya ay naloloko lamang. Sa kanyang pagkalito at kalungkutan siya ay yumuko sa lupa, at nanalangin, sa paraang hindi pa niya kailan man magawa, para sa katiyakan ng utos kung kinakailangan niyang gampanan ang kakilakilabot na tungkuling iyon. Naalaala niya ang mga anghel na sinugo sa kanya upang ipahayag ang layunin ng Dios na sirain ang Sodoma, at naghatid sa kanya ng pangako tungkol sa kanyang anak na si Isaac, at siya ay nagtungo sa lugar na kung saan ilang beses niyang nakita ang mga makalangit na tagapagbalita, umaasang makakatagpo muli sila, at makakatanggap ng karagdagang pahayag; subalit walang dumating upang makatulong sa kanya.

Ang kadiliman ay tila pumipilit sa kanya; subalit ang utos ng Dios
ang naririnig niya sa kanyang mga tainga, "Kunin mo ngayon ang
iyong anak, ang iyong bugtong na anak na si Isaac, na iyong mi-
namahal." Ang utos na iyon ay kinakailangang masunod, at hindi
niya kinakailangang pangahasan na iyon ay ipagpaliban. Ang araw
ay sisikat na at kinakailangang siya ay maglakbay na. [173]

Sa pagbalik niya sa kanyang tolda, siya ay nagtungo sa lugar na [174]
kung saan si Isaac ay mahimbing na natutulog, ang walang kagu-
luhang at inosenteng pagtulog ng kabataan. Sandaling tiningnan ng [175]
ama ang kaibig-ibig na mukha ng kanyang anak, at nanginginig na
pumihit papalayo. Siya ay nagtungo sa piling ni Sara na natutulog
rin. Gigisingin pa ba niya siya, upang minsan pa ay mayakap niya
ang kanyang anak? Sasabihin ba niya sa kanya ang hinihiling ng
Dios? Ninais niyang ihinga ang kanyang puso sa kanya at ibahagi
ang kakilakilabot na tungkuling ito; subalit siya ay napigilan ng
pangambang siya ay humadlang sa kanya. Si Isaac ang kanyang
ligaya at karangalan; ang kanyang buhay ay nakatali sa kanya, at
ang pag- ibig ng ina ay maaaring tumanggi sa paghahain.

Sa wakas ay kinausap ni Abraham ang kanyang anak, sinabi sa kanya ang utos na maghain sa isang malayong bundok. Si Isaac ay malimit nang nakasama sa kanyang ama upang sumamba sa ilan sa mga altar na nailagay sa kanyang paglalakbay, at ang paanyayang ito ay hindi naging kakaiba para sa kanya. Madaling naisagawa ang paghahanda sa paglalakbay. Ang kahoy ay inihanda at inilagay sa asno, at kasama ang dalawang katulong na lalaki sila ay humayo.

Magkatabing naglakbay ang mag-ama na may katahimikan. Ang ama, na pinag-iisipan ang mabigat niyang lihim, ay hindi makapagsalita. Ang kanyang pag-iisip ay nakatuon sa mapagmalaki, at lubos na nasisiyahang ina, at ang araw na siya'y magbabalik sa kanya na walang kasama. Alam niyang ang sundang ay mapapatusok sa puso ng kanyang asawa sa pagpaslang noon sa buhay ng kanyang anak.

Ang araw na iyon—na pinakamahahabang araw na naranasan ni Abraham—ay mabagal na lumipas. Samantalang ang kanyang anak at ang mga lalaki ay natutulog, ay ginugol niya ang gabi sa pananalangin, umaasa pa rin na may makalangit na tagapagbalitang darating na magsasabihing ang pagsubok ay tapos na, at ang binata ay maaari nang umuwi sa kanyang ina nang hindi nasasaktan. Ngu-

nit walang dumating para sa napipighati niyang kaluluwa. Isa pang mahabang araw, isa pang gabi ng pagpapakumbaba at pananalangin, samantalang gaya pa rin ng dati ang utos upang siya ay mawalan ng anak ay patuloy na umaalingawngaw sa kanyang mga tainga. Si Sa-
[176] tanas ay malapit upang mag-udyok ng pag-aalinlangan at kawalan ng pananalig, subalit nilabanan ni Abraham ang mga iminumungkahi niya. Samantalang sila ay malapit nang magsimula sa ikatlong araw ng kanilang paglalakbay, ang patriarka, sa pagtingin sa hilaga, ay nalata ang ipinangakong tanda, isang ulap ng kaluwalhatian ang nasa ibabaw ng bundok ng Moria, at nalaman niya na ang tinig na nagsalita sa kanya ay mula sa langit.

Hanggang sa mga sandaling ito ay hindi siya nagmukmuk laban sa Dios, sa halip ay pinasigla niya ang kanyang kaluluwa sa pamamagitan ng pag-iisip sa mga patotoo ng kabutihan at katapatan ng Panginoon. Ang anak na ito ay di inaasahang ipinagkaloob; at hindi ba karapatan lamang ng nagkaloob ng napakahalagang kaloob na ito na bawiin ang sariling kanya? At inulit ng pananampalataya ang pangakong, "Kay Isaac tatawagin ang iyong lahi"—isang lahi na magiging sindami ng buhangin sa tabi ng dagat. Si Isaac ay inianak sa pamamagitan ng isang kababalaghan, at hindi ba magagawa ng kapangyarihang nagbigay sa kanya ng buhay na iyon ay ibalik? Sa pagtingin ng higit sa nakikita, ay pinanghawakan ni Abraham ang banal na pananalita, "iniisip na maging sa gitna ng mga patay ay maaaring buhayin siyang muli ng Dios." Hebreo 11:19.

Gano'n pa man walang sinoman liban sa Dios ang nakababatid ng kadakilaan ng pagsasakripisyo ng ama sa pagsang-ayon na ang kanyang anak ay mamatay; ninais ni Abraham na walang iba kundi ang Dios lamang ang makasaksi sa pag-aalay. Iniwan niya ang kanyang mga katulong, at sinabi, "Ako at ang bata ay paroroon doon; at kami ay sasamba, at pagbabalikan namin kayo." Ang panggatong ay ipinadala kay Isaac, siya na ihahandog, kinuha ng ama ang sundang at ang apoy, at magkasama silang pumanhik tungo sa tuktok ng bundok, ang binata ay matahimik na nag-iisip kung saan, na lubhang malayo sa mga kawan at mga alagang hayop, ang ihahandog manggagaling. Sa wakas siya ay nagsalita, "Ama ko," "narito ang apoy at ang kahoy, ngunit saan naroon ang korderong pinakahandog na susunugin?" O, anong pagsubok ito! Napakamapagmahal na mga salita, "ama ko," ang tumasak sa puso ni Abraham!

Hindi pa—hindi pa niya masasabi ngayon. “Anak ko,” ang sabi niya, “Dios ang maghahanda ng korderong pinakahandog na susunugin.”

Sa itinakdang lugar ay ginawa nila ang altar at inilagay ang panggatong doon. At pagkatapos, samantalang ang kanyang tinig ay nanginginig, ay inihayag ni Abraham kay Isaac ang banal na pahayag. [177]

Si Isaac ay natakot at nabigla sa pagkaalam ng mangyayari sa kanya, subalit siya ay hindi tumanggi. Maaari sanang tinakasan niya ang kanyang ikamamatay, kung pinili lamang niya; ang napipighating matanda, na lubhang napagod sa nakalipas na tatlong araw, ay maaaring hindi na makatutol sa kalooban ng malakas na kabataan. Subalit si Isaac ay nasanay mula pa sa kanyang pagkabata upang maging handa, sa nagtitiwalang pagsunod, at samantalang ang layunin ng Dios ay inihahayag sa kanya, at malugod niyang isinuko ang kanyang sarili. Siya ay nakikibahagi sa pananampalataya ni Abraham, at inisip niyang karangalan ang matawag upang ihandog ang kanyang buhay sa Dios. May kabaitan niyang sinikap pagaanin ang pamimighati ng kanyang ama, at tulungan ang kanyang namamanhid na mga kamay sa pagtatali sa kanya sa altar.

At ngayon ang huling mga pananalita ng pagmamahal ay nabigkas na, ang huling luha ay pumatak, at ang huling pagyakap ay naibigay. Itinaas ng ama ang sundang upang patayin ang anak, nang bigla na lamang natigilan ang kanyang kamay. Isang anghel ng Dios ang tumawag sa patriarka mula sa langit, “Abraham, Abraham!” Mabilis siyang tumugon, “Narito ako.” At muli ang tinig ay narinig, “Huwag mong buhatin ang iyong kamay sa bata, o gawan man siya ng anoman: sapagkat talatas Ko ngayon na ikaw ay natatakot sa Dios, sa paraang hindi mo itinanggi sa Akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak.”

At si Abraham ay nakakita ng “isang tupang lalaki na nahuli sa dawag,” at mabilis na kinuha ang bagong biktima, inihandog niya iyon na “inihalili sa kanyang anak.” Sa kanyang kagalakan at pagpapasalamat ay binigyan ni Abraham ng bagong pangalan ang banal na lugar na iyon ng—“Jehova-jireh,” “Dios ang maghahanda.”

Sa Bundok ng Moria, muling binago ng Dios ang Kanyang pakikipagtipan, tiniyak ng may banal na panunumpa ang pagpapala kay Abraham at sa kanyang binhi sa lahat ng darating na mga henerasyon: “Sa Aking sarili ay sumumpa Ako, anang Panginoon,

sapagkat ginawa mo ito, at hindi mo itinanggi sa Akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak; na sa pagpapala ay pagpapalain kita, at sa pagpaparami ay pararamihin Ko ang iyong binhi, na gaya ng mga bituin sa langit, at gaya ng mga buhangin sa baybayin ng dagat; at kakamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kanyang
[178] mga kaaway; at pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa; sapagkat sinunod mo ang Aking tinig."

Ang dakilang ginawa ng pananampalataya ni Abraham ay nakatindig bilang isang haligi ng liwanag, liniliwanagan ang daan ng mga alipin ng Dios sa mga darating na mga panahon. Si Abraham ay nagsikap magdahilan sa pagsasakatuparan ng kalooban ng Dios. Sa panahong iyon ng tatlong araw na paglalakbay siya ay may sapat na panahon upang magdahilan, at upang pag-alinlanganan ang Dios, kung siya ay nakalaan upang mag-alinlangan. Maaari sana siyang nagdahilan na ang pagpatay sa kanyang anak ay magiging sanhi ng pagtingin sa kanya bilang isang mamatay tao, isang pangalawa kay Cain; na magiging sanhi upang ang kanyang mga itinuturo ay tanggihan at di pahalagahan, at sa pamamagitan noon ay masira ang kanyang kapangyarihan sa paggawa ng mabuti sa kanyang kapwa tao. Maaari sanang nakiusap siya na dahil sa kanyang gulang ay maaaring hindi na siya sumundo. Subalit ang patriarka ay hindi nagkubli sa alinman sa mga pagdadahilang ito. Si Abraham ay tao; ang kanyang mga hilig at pinanghahawakan ay tulad rin ng sa atin; subalit siya ay hindi tumigil upang magtanong kung paano matupad ang pangako kung si Isaac ay papatayin. Hindi siya nanatili upang makipagtalo sa kanyang nasasaktang puso. Alam niya na ang Dios ay makatarungan at makatuwiran sa lahat ng Kanyang ipinagagawa, at sinunod niya ang utos ayon sa bawat titik.

"Si Abraham ay sumampalataya sa Dios, at yao'y ibinilang na katuwiran sa kanya; at siya'y tinawag na kaibigan ng Dios." Santiago 2:23. At ang sabi ni Pablo, "Ang mga sa pananampalataya, ang mga yaon ay anak ni Abraham." Galacia 3:7. Subalit ang pananampalataya ni Abraham ay nahayag sa pamamagitan ng mga gawa. "Hindi baga ang ating amang si Abraham ay inaring ganap sa pamamagitan ng mga gawa, dahil kanyang inihain si Isaac na kanyang anak sa ibabaw ng dambana? Nakikita mo na ang pananampalataya ay gumagawang kalakip ng kanyang mga gawa, at sa pamamagitan ng mga gawa ay nagiging sakdal ang pananampalataya?" Santiago

2:21, 22. Marami ang hindi nakauunawa sa kaugnayan ng pananampalataya sa gawa. At kanilang sinasabi, "Maniwala ka lamang kay Kristo at ikaw ay ligtas na. Wala ka nang dapat pang gawin tungkol sa pagsunod sa kautusan." Subalit ang ganap na pananampalataya ay mahahayag sa pagsunod. Ang sabi ni Kristo sa mga hindi naniniwalang mga Hudyo, "Kung kayo'y mga anak ni Abraham, ay gagawin ninyo ang mga gawa ni Abraham." Juan 8:39. At [179] tungkol sa ama ng mga tapat ang pahayag ng Panginoon, "Sinunod ni Abraham ang Aking tinig, at ginanap ang Aking bilin, ang Aking mga utos, ang Aldng mga palatuntunan at ang Aking mga kautusan." Genesis 26:5. Sabi ni apostol Santiago, "Ang pananampalataya na walang mga gawa, ay patay sa kanyang sarili." Santiago 2:17. At si Juan, sa lubos na pagpapahayag ng tungkol sa pag-ibig, ay nagsabi sa atin, "Ito ang pag-ibig ng Dios, na ating tuparin ang Kanyang mga utos." 1 Juan 5:3.

Sa pamamagitan ng sagisag at pangako "ay ipinangaral na nang una ang ebanghelyo kay Abraham." Galacia 3:8. At ang pananampalataya ng patriarka ay nakasalalay sa Tagatubos na darating. Sabi ni Kristo sa mga Hudyo, "Nagalak ang inyong amang si Abraham na makita ang Aking araw; at nakita niya, at natuwa." Juan 8:56. Ang lalaking tupa na inihalili sa paghahandog kay Isaac ay kumakatawan sa Anak ng Dios, na ihahain na panghalili sa atin. Noong ang tao ay kinakailangang mamatay dahil sa pagsalangsang sa kautusan, ang Ama, samantalang nakatingin sa Kanyang Anak, ay nagsabi sa makasalanan, "Mabuhay ka: nakasumpong Ako ng isang pangtubos."

Iyon ay upang ikintal sa isipan ni Abraham ang katotohanan ng ebanghelyo, at upang subukin din ang kanyang pananampalataya, kung kaya't iniutos ng Dios sa kanya na patayin ang kanyang anak. Ang kalungkutan na kanyang tiniis sa pananahon ng madidilim na mga araw ng kakilakilabot na pagsubok na iyon ay ipinahintulot upang kanyang maunawaan mula sa sarili niyang karanasan ang tungkol sa kadakilaan ng pagsasakripisyo na isinagawa ng walang hanggang Dios upang ang tao ay matubos. Wala nang ano pa mang pagsubok ang maaaring nakapagpahirap sa kaluluwa ni Abraham na tutulad sa paghahandog ng kanyang anak. Ibinigay ng Dios ang Kanyang Anak upang mamatay sa hirap at kahihiyan. Ang mga anghel na nakasaksi sa paghihirap ng kaluluwa ng Anak ng

Dios ay hindi pinahintulutan upang mamagitan, tulad sa nararanasan ni Isaac. Walang tinig na makapagsasabing, "Sapat na." Upang mailigtas ang nagkasalang lahi, ay ibinigay ng hari ng kaluwalhatian ang Kanyang buhay. Ano ang mabisang katibayan ang maibibigay tungkol sa walang hanggang habag at pag-ibig ng Dios? "Siya, na hindi ipinagkait ang Kanyang sariling anak kundi ibinigay dahil sa ating lahat, bakit hindi naman ibibigay sa atin ng walang bayad ang
[180] lahat ng mga bagay?" Roma 8:32.

Ang pagsasakripisyong ipinagawa kay Abraham ay hindi lamang para sa sarili niyang kabutihan, ni para lamang sa kapakinabangan ng sumusunod na mga lahi; subalit iyon ay sa ikaaalam ng mga di nagkasalang nilalang sa ibang mga daigdig. Ang larangan ng tunggalian sa pagitan ni Kristo at ni Satanas—ang larangan na kung saan ang pagtubos ay isinagawa—ang aklat aralin ng buong sansinukob. Sapagkat si Abraham ay nagpahayag ng kakulangan ng pananampalataya sa mga pangako ng Dios, siya ay pinaratangan ni Satanas sa harapan ng mga anghel at sa harapan ng Dios ng di pagsunod sa mga kundisyon ng tipanan, at pagiging di karapat-dapat sa mga pagpapala noon. Nais ng Dios na patunayan ang katapatan ng Kanyang lingkod sa buong langit, upang ipahayag na walang kulang sa ganap na pagiging masunurin ang maaaring tanggapin, at upang ipahayag ng lubos ang panukala ng pagtubos.

Ang mga anghel ay nagmasid samantalang ang pananampalataya at pagpapasakop ni Isaac ay sinubok. Ang pagsubok ay labis ang kahigitan sa pagsubok kay Adan. Ang pagsubok na ibinigay sa ating unang mga magulang ay hindi kinasangkutan ng paghihirap, subalit ang utos kay Abraham ay kinasasangkutan ng pinakamahirap na pagsasakripisyo. Nakita ng buong langit na may pagkamangha at paghanga ang patuloy na pagsunod ni Abraham. Hinangahan ng buong kalangitan ang kanyang katapatan. Ang akusasyon ni Satanas ay napatunayang hindi totoo. Ang sabi ng Dios sa Kanyang lingkod, "Talastas ko ngayon, na ikaw ay natatakot sa Dios, sa paraang hindi mo itinanggi sa Akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak." Ang pakikipagtipan ng Dios, na pinagtibay kay Abraham sa pamamagitan ng isang panunumpa sa lahat ng mga nilikha sa ibang mga daigdig, ay nagpapatunay na ang pagiging masunurin ay may gantimpala.

Naging mahirap maging para sa mga anghel ang maunawaan ang hiwaga ng pagtubos—upang maunawaan na ang Pinuno ng kalangitan, ang Anak ng Dios, ay kinakailangang mamatay para sa nagkasalang tao. Noong ang utos ay ibigay kay Abraham upang ialay ang kanyang anak, ang pansin ng lahat ng mga anghel ay natawag. Mataman nilang pinanood ang bawat hakbang sa pagsasakatuparan ng utos na ito. Noong sa tanong ni Isaac na, "Saan naroon ang korderong pinakahandog na susunugin?" si Abraham ay tumugon,
"Dios ang maghahanda ng kordero;" at noong ang kamay ng ama [181]
ay natigilan noong papatayin na niya ang kanyang anak, at ang lalaking tupa na inihanda ng Dios ang inialay sa halip na si Isaac—ang liwanag sa kahiwagaan ng pagtubos ay nahayag, at naunawaan maging ng mga anghel ang kahanga-hangang inihanda ng Dios para
sa kaligtasan ng tao. 1 Pedro 1:12. [182]

# Kabanata 14—Ang Pagkagunaw ng Sodoma

Ang kabanatang ito ay batay sa Genesis 19.

Pinakamaganda sa mga lungsod sa lambak ng Jordan ay ang Sodoma, na nasa isang kapatagan na "tulad sa halamanan ng Panginoon" sa katabaan at kagandahan. Dito ay marami ang mga malagong halaman ng tropiko. Narito ang tahanan ng mga palmera, ng olivo, at ng ubas; at ang mga bulaklak ay humahalimuyak ang kabanguhan sa loob ng buong taon. Mayamang ani ang bumabalot sa mga bukirin, at mga kawan ay nakakalat sa paligid ng mga burol. Ang sining at komersyo ay nakadaragdag sa pagpapayaman ng mapagmalaking lungsod ng kapatagan. Nararamtan ng kayamanan ng Silangan ang kanyang mga palasyo, ang mga caravan ng disyerto ay naghahatid ng kanilang mahahalagang mga kalakal upang matustusan ang kanyang mga bilihan at palitan. Sa kaunti lamang pag-iisip o paggawa, ang bawat naisin ay maaaring makamtan, buong isang taon ay tila isang tuloy-tuloy na kapistahan.

Ang kasaganahan sa lahat ng dako ay nagbigay daan kaluhuan at pagmamataas. Ang katamaran at kayamanan ay nakapagpapatigas ng puso na kailanman ay di pa nagipit ng pangangailangan o nagpasan ng kalungkutan. Ang pag-ibig sa layaw ay inihahayag ng mga kayamanan at pagliliwaliw, at ang mga tao ay gumagawa ng ma kalaswaan. "Narito," sabi ng propeta, "ito ang kasamaan ng iyong kapatid na babae na Sodoma, kapalaluan, kapunuan sa tinapay, at ang malabis na kapahingahan ay nasa kanya at sa kanyang mga anak na babae, at hindi man niya pinalakas ang kamay ng dukha at mapagkailangan. At sila'y palalo at gumawa ng kasuklam-suklam sa harap Ko: kaya't Aking inalis sila, ayon sa Aking minagaling." Ezekiel 16:49, 50. Wala nang iba pang ninanais ang mga tao kundi kayamanan at malabis na kapahingahan, gano'n pa man ang mga ito ang naghatid ng mga kasalanang naging sanhi ng pagkagunaw ng mga lungsod ng kapatagan. Ang kanilang walang saysay, buhay na walang ginagawa ay nagpaging bihag ng mga panunukso ni Satanas,

at kanilang sinira ang larawan ng Dios, at naging tulad kay Satanas sa halip na tulad sa Dios. Ang katamaran ang pinakamalubha ng [183] sumpa na maaaring mapasa isang tao, sapagkat ang bisyo ay krimen ang kasunod ng mga ito. Pinahihina nito ang kaisipan, binabaluktot ang pang-unawa, at pinabababa ang halaga ng kaluluwa. Si Satanas ay nakaakma, handang puksain yaong mga hindi nag-iingat, yaong ang labis na pamamahinga ay nagbibibay sa kanya ng pagkakataon upang ipasok ang kanyang sarili sa isang kaakit-akit na pinagkukublihan. Kailan man ay hindi pa siya higit na naging matagumpay kaysa kung siya ay darating sa mga tao sa mga panahon ng kanilang labis na pamamahinga.

Sa Sodoma ay naroon ang pagsasaya at tawanan, pistahan at paglalasing. Ang pinakamasama at brutal na pagnanasa ay hindi napipigilan. Ang mga tao ay hayagang kumukutya sa Dios at sa Kanyang kautusan at nasisiyahan sa paggawa ng kasamaan. Bagaman may nauna sa kanilang halimbawa ng sanlibutan bago ito ginunaw sa pamamagitan ng Baha, at alam kung paanong ang galit ng Dios ay nahayag sa kanilang pagkagunaw, gano'n pa man ay sinundan nila ang gano'n ding takbo ng kasamaan.

Sa panahon ng pagkakaalis kay Lot mula sa Sodoma, ang kasamaan ay hindi pa gaanong laganap, at ang Dios sa kanyang kaawaan, ay nagpahintulot upang ang liwanag ay maningning sa kalagitnaan ng kadilimang pang moralidad. Noong iniligtas ni Abraham ang mga bihag ng mga Elamita, ang pansin ng mga tao ay natawag sa tunay na pananampalataya. Si Abraham ay hindi isang dayuhan para sa mga taga Sodoma, at ang kanyang pagsamba sa di nakikitang Dios ay naging isang bagay na ng kanilang pangungutya; subalit ang kanyang pagtatagumpay laban sa higit na makapangyarihang mga puwersa, at ang maganda niyang ginawa sa mga bihag at samsam, ay nagbangon ng pagkamangha at paghanga. Samantalang ang kanyang husay at kagitingan ay hinahangaan, ay walang makatanggi sa kaalamang may banal na kapangyarihang tumulong sa kanya upang siya ay magtagumpay. At ang kanyang marangal at di makasariling espiritu, na lubhang kakaiba sa pagkamakasarili ng mga naninirahan sa Sodoma, ay isa pang katibayan ng kahigitan ng relihiyon na kanyang pinarangalan sa pamamagitan ng kanyang katapangan at katapatan.

Si Melquisedec, sa pagbabasbas kay Abraham, ay kinilala si Jehova bilang pinagmulan ng kanyang pagtatagumpay: "Pagpalain si Abraham ng kataas-taasang Dios, na may ari ng langit at ng lupa: at purihin ang Kataas-taasang Dios, na nagbigay ng iyong mga kaaway
[184] sa iyong kamay." Genesis 14:19, 20. Ang Dios ay nagsasalita sa bayang iyon sa pamamagitan ng Kanyang mga pinapapangyari, subalit ang huling sinag ng liwanag ay tinanggihan tulad sa mga nauna.

At ngayon ang huling gabi ng Sodoma ay dumarating. Ang ulap ng kagalitan ay nasa itaas na ng lungsod. Subalit ito ay hindi napansin ng mga tao. Samantalang ang mga anghel ay lumalapit sa pagsasakatuparan ng kanilang misyon ng pagsira, ang mga tao ay nangangarap ng pag-unlad at kasiyahan. Ang huling araw ay naging tulad sa ibang mga araw na dumating at lumipas. Ang gabi ay sumapit sa isang tanawin ng pag-ibig at kasiguruhan. Ang isang tanawin ng di mapaparisang kagandahan ay nalambungan ng bumababang sikat ng araw. Ang kalamigan ng gabi ay nanawagan sa mga naninirahan sa lungsod, ang mga taong ang hinahanap ay kaligayahan ay nagparo't parito, hinahanap ang kaligayahan ng panahon.

Sa kadiliman ay may dalawang dayuhan ang lumapit sa pintuang bayan ng lungsod. Sila ay mukhang mga dayuhang makikituloy sa magdamag. Walang makababatid na ang mga iyon ay tagapagbalita ng hatol ng Dios, at di man lang naisip ng mga bakla, at walang bahalang karamihan na sa kanilang pakikitungo sa mga dayuhang iyon nang gabing yaon ay narating na nila ang hangganan ng kanilang kasamaan na nagpahamak sa kanilang mapagmalaking lungsod. Subalit mayroong isang lalaki na nagpahayag ng kabutihan sa mga dayuhan at sila'y inanyayahan sa kanyang tahanan. Hindi alam ni Lot ang tunay nilang likas, subalit ang pagiging magalang at mapagtanggap ay kaugalian niya; iyon ay bahagi ng kanyang relihiyon—mga aral na kanyang natutunan mula sa halimbawa ni Abraham. Kung siya ay hindi nagsanay sa gano'ng paggalang, siya ay maaaring napabayaang napahamak kasama ng ibang mga taga Sodoma. Napakaraming tahanan, ang sa pagsasara ng kanilang mga pinto sa mga dayuhan, ay nakapagsasara sa mga sugo ng Dios, na maaari sanang maghatid ng pagpapala at pag-asa at kapayapaan.

Bawat isinasagawa sa buhay, gaano man iyon kaliit, ay mayroong epekto sa ikabubuti o ikasasama. Ang katapatan o ang pagwawalang

bahala sa inaakalang pinakamaliit na tungkulin ay maaaring magbukas ng daan para sa pinakamayamang pagpapala o pinakadakilang kapahamakan sa buhay. Maliliit na bagay ang sumusubok sa karakter. Iyon ay ang mga di mapagkunwaring pagtanggi sa sarili sa araw- araw, isinasagawa na may masaya, at handang puso, nginingitian ng Dios. Tayo ay di dapat mamuhay para sa ating mga sarili [185]
lamang, kundi para sa iba. At sa pamamagitan lamang ng pagiging di makasarili, sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mapagmahal, at matulunging diwa, ang ating buhay ay magiging isang pagpapala. Ang maliliit na pag-aasikaso at pansin, ang maliit, at simpleng mga paggalang, ay malayo ang nararating upang buuin ang pangkalahatang kaligayan ng buhay, at ang pagwawalang halaga sa mga ito ang bumubuo sa di lamang kaunting kaguluhan ng tao.

Sa pagkabatid ng pang-aabuso na maaaring gawain ng mga taga Sodoma sa mga dayuhan, ay ginagawan ni Lot na maingatan sa kanilang pagtuloy, sa pamamagitan ng pag-aalok sa kanila na tumuloy sa kanyang sariling tahanan. Siya ay nakaupo sa may pintuang bayan samantalang ang mga dayuhan ay dumadating, at pagkakita sa kanila, siya ay nagtindig upang sila ay salubungin, at magalang na nakayuko, ay nagsabi, "Ngayon nga mga panginoon ko, ipinamamanhik ko sa inyo na kayo'y matira sa buong magdamag." Tila tinanggihan nila ang kanyang pagtanggap, na nagsabi, "Hindi, kundi sa lansangan mananahan kami." Ang kanilang layunin sa ganitong katugunan ay dalawa—upang subukin ang pagkamatapat ni Lot at upang mahayag na hindi nila batid ang ligtas kung mananatili sa lansangan sa gabi. Ang kanilang sagot ay bagkus nagpakita kay Lot na huwag silang iwan sa kaawaan ng nagkakagulong mga tao. Ipinilit niya ang kanyang paanyaya hanggang sa sila ay sumang-ayon, at sumama sa kanyang tahanan.

Nais sana niyang ikubli ang kanyang layunin sa mga taong walang ginagawa sa pintuang bayan sa pamamagitan ng pagtungo sa kanilang tahanan sa ibang daan; subalit ang kanilang pag-aatubili at pagkaantala, at ang kanyang pamimiliit, ay naging kapansin-pansin, at bago sila nakapamahinga sa gabing iyon, isang magulong grupo ng mga tao ang pumalibot sa tahanan. Iyon ay isang lubhang napakalaking grupo, mga kabataan at matatanda na naaapuyan ng pinakamasamang pagnanasa. Ang mga dayuhan ay nagtatanong tungkol sa likas ng lungsod, at sila ay binabalaan ni Lot na huwag

mangahas lumabas sa lungsod sa gabing iyon, nang ang mga sigaw at pagtawag ng magulong grupo ng mga tao ay marinig, hinihinging ilabas sa kanila ang mga lalaki.

Sa pagkakabatid na kung ang mga tao ay mauudyukang manggulo ay madali nilang mapipilit buksan ang kanyang tahanan, si Lot
[186] ay lumabas upang sila ay pakiusapan. "Ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid ko," at kanyang sinabi, "huwag kayong gumawa ng ganyang kasamaan," ginamit ang katagang "mga kapatid" sa pagiging mga kapitbahay, at umaasang sila ay mapapayapa at mahihiya sa kasamaan ng kanilang binabalak gawin. Subalit ang kanyang mga salita ay naging tulad sa langis na ipinatak sa apoy. Ang kanilang galit ay naging tulad sa ungol ng bagyo. Nilibak nila si Lot at sinabing ginagawa niyang hukom ang kanyang sarili sa kanila, at nagbantang gawan siya ng higit sa binabalak nilang gawin sa kanyang mga panauhin. Dinumog nila siya, at maaaring napagputolputol siya kung hindi siya iniligtas ng mga anghel ng Dios. "Iniunat" ng mga sugo ng langit "ang kanilang kamay at binatak si Lot sa loob ng bahay at kanilang sinarhan ang pintuan." Ang sumunod na mga pangyayari ay naghayag ng likas ng mga panauhin na kanyang pinatuloy. "Ang mga taong nangasa pintuan ng bahay ay binulag nila, ang maliit at malaki: ano pa't sila'y nangayamot sa paghahanap ng pintuan." Kung sila lamang ay hindi gano'ng nagkaroon ng dobleng pagkabulag, nabulid na sa pagmamatigas ng puso, ang ginawang iyon ng Dios sa kanila ay dapat sanang nakalikha ng takot sa kanila, at humiwalay sa kanilang kasamaan. Ang huling gabing yaon ay kinaroonan ng mga kasalanang hindi mahihigitan nang ano pa mang nauna doon; subalit ang kaawaan, na matagal nang winawalang bahala, ay tumigil na sa pakikiusap. Ang mga naninirahan sa Sodoma ay lumampas na sa hangganan ng banal na pagtitiis—sa "natatagong hangganan sa pagitan ng pagpipigil at Kanyang kagalitan." Ang apoy ng Kanyang paghihiganti ay magliliyab na sa lambak ng Siddim.

Inihayag ng mga anghel kay Lot ang layunin ng kanilang misyon: "Aming lilipulin ang lugar na ito dahil sa napakalakas ang kanilang sigaw sa harap ng Panginoon; at kami ay sinugo ng Panginoon upang aming lipulin." Ang mga dayuhan na sinikap iligtas ni Lot, ang ngayon ay nangakong magliligtas sa kanya, at magligtas rin sa lahat ng kabilang ng kanyang sambahayan na tatakas na kasama niya mula sa masamang lungsod. Ang magulong pulutong ay nangapagod na

at nagsialis, at si Lot ay lumabas upang babalaan ang kanyang mga anak. Kanyang inulit ang pananalita ng mga anghel, "Magtindig kayo, magsialis kayo sa dakong ito; sapagkat gugunawin ng Panginoon ang bayan." Subalit inakala nilang siya ay nagbibiro. Sila ay nagtawanan sa tinawag nilang kanilang mapamahiing pangamba. Ang kanyang mga anak na babae ay naimpluwensyahan na nang [187] kanilang mga asawa. Lubos na silang nasisiyahan kung saan sila naroroon. Wala silang nababanaag na ano mang tanda ng kapahamakan. Ang lahat ay tulad rin lang ng dati. Sila ay maraming ari-arian at hindi sila makapaniwalang maaaring magunaw ang magandang Sodoma.

Si Lot ay malungkot na umuwi sa kanyang tahanan at isinaysay ang kanyang pagkabigo. At siya ay binalaan ng mga anghel na magtindig at dalahin ang kanyang asawa at ang dalawang anak na babae na kasama pa rin nila sa kanilang tahanan at lisanin ang bayan. Subalit si Lot ay nagpabagal. Bagaman araw-araw ay naguguluhan sa mga nakikitang kasamaan, di niya lubos na maisip ang tungkol sa nakapagpapababa at kasuklam-suklam na kasalanang ginagawa sa masamang bayan na iyon. Hindi niya nakita ang pangangailangang mahadlangan ang kasamaan sa pamamagitan ng mga hatol ng Dios. Ang ilan sa kanyang mga anak ay mananatili sa Sodoma, at ang kanyang asawa ay tumatanggi sa pag-alis na hindi sila kasama. Ang kaisipang iiwan yaong mga naging pinakamamahal sa kanya sa lupa ay tila higit sa kanyang makakayanan. Mahirap iwanan ang kanyang magandang tahanan at lahat ng kayamanang nakamtan sa pamamagitan ng mahirap na paggawa sa buong buhay niya, upang humayo bilang isang pagala-gala. Natigilan dahil sa kalungkutan siya ay nagtagal, at mabigat ang loob sa pag-alis. Kung hindi sa pagsisikap ng mga anghel ng Dios, silang lahat ay maaaring nangamatay sa paggunaw ng Sodoma. Siya at ang kanyang asawa at dalawang anak ay hinawakan sa kamay ng mga sugo ng langit at sila'y inakay palabas ng bayan.

Dito ay iniwan sila ng mga anghel, at bumalik sa Sodoma upang tapusin ang kanyang gawain ng paggunaw. Ang Isa—na pinakiusapan ni Abraham—ay lumapit kay Lot. Sa lahat ng lungsod ng kapatagan, ay walang masumpungan kahit sampung matuwid; subalit bilang tugon sa dalangin ng patriarka, yaong isang tao na may pagkatakot sa Dios ay inagaw mula sa pagkapahamak. Ibinigay ang

utos na may hukbong nakasisindak: "Itakas mo ang iyong buhay; huwag kang lumingon o huminto man sa buong kapatagan; tumakas ka hanggang sa bundok, baka ikaw ay mamatay." Ang pag-aatubili o pagpabagal ngayon ay makamamatay. Ang tumingin ng isang matagal na pagtingin sa minamahal na bayan, ang maghintay ng isang sandali upang ikalungkot ang naiwan sa magandang tahanan,
[188] ay maaaring ikamatay.

Ang bagyo ng banal na hatol ay naghihintay na lamang na makaalis ang mga takas na ito.

Subalit si Lot, sa pagkalito at takot, ay nakiusap na hindi niya magagawa ang ipinagagawa sa kanya baka kung anong mangyari sa kanya at siya ay mamatay. Sa pagtira sa masamang lungsod na iyon sa gitna ng kawalan ng pananalig sa Dios ang kanyang pananampalataya ay humina. Ang Prinsipe ng kalangitan ay nasa kanyang piling, gano'n pa man siya ay nakiusap para sa kanyang buhay na parang ang Dios, na nagpahayag ng gano'ng pangangalaga sa kanya, ay hindi pa mag-iingat sa kanya. Sana ay lubos siyang nagtiwala sa banal na Sugo, na ibinigay ang kanyang kalooban at buhay sa kamay ng Panginoon na walang pag-aalinlangan o pagtatanong. Subalit gaya ng marami, siya ay nagsikap magpanukala para sa kanyang sarili: "Narito, ang bayang ito ay malapit takasan at maliit: Oh tulutan mong tumakas ako roon, (di ba yao'y maliit?) at mabubuhay ako." Ang bayang tinutukoy dito ay ang Bela, na sa huli ay tinawag na Zoar. Iyon ay ilang milya lamang mula sa Sodoma, at, tulad rin noon, ay masama at kabilang sa gugunawin. Subalit si Lot ay nakiusap na iyon ay iligtas, ipinipilit na iyon naman ay isang maliit na kahilingan lamang; at ang kanyang kahilingan ay ipinagkaloob. Siya ay tiniyak ng Panginoon, "Sa bagay mang ito ay pinayagan din kita, na hindi ko gugunawin ang bayang iyong sinalita." O, anong laking kaawaan ng Dios sa kanyang mga makasalanang nilalang!

At muli ang banal na utos ay ibinigay upang magmadali, sapagkat ang nag-aapoy na bagyo ay darating na. Subalit ang isa sa mga tumatakas ay nangahas tumingin sa sinumpang lungsod, at siya ay naging isang sagisag ng hatol ng Dios. Kung si Lot lamang ay hindi nagpahayag ng gano'ng pag-aatubili sa pagsunod sa babala ng mga anghel, at mabilis na lumikas patungo sa mga bundok, na walang ano pa mang pakikiusap o pagtutol, maaaring nakatakas din sana ang kanyang asawa. Ang impluwensia ng kanyang halimbawa

ay maaari sanang nakapagligtas sa kanya sa kasalanan na naging
sanhi ng kanyang pagkamatay. Subalit ang kanyang pag-aatubali at
pagkaantala ay naging dahilan upang di niya lubos na pahalagahan
ang banal na babala. Samantalang ang kanyang katawan ay nasa
kapatagan, ang kanyang puso ay nananatili sa Sodoma, at siya ay
namatay na kasama noon. Siya ay nanghimagsik sa Dios sapagkat
ang Kanyang hatol ay nagdamay sa kanyang mga ari-arian at mga
anak sa kapahamakan. Bagaman siya ay lubos na nabiyayaan sa [189]
pagkakatakas mula sa masamang lungsod, nadadama niyang siya [190]
ay ginawan ng mga kalupitan, sapagkat ang mga kayamanan na
pinag-ukulan ng maraming panahon upang makamtan ay kasamang [191]
gugunawin. Sa halip na magpasalamat sa pagkaligtas, siya ay walang
pagkabahalang lumingon upang nasain ang buhay noong mga tumanggi sa babala ng Dios. Ang kanyang kasalanan ay nagpahayag na siya ay di karapat-dapat upang mabuhay, sapagkat ang pagliligtas noon ay di man lang niya pinasalamatan.

Tayo ay kinakailangang maging maingat sa di sapat na pagpapahalaga sa mga mabiyayang kaloob ng Dios para sa ating ikaliligtas. May mga Kristianong nagsasabing, "Di na baling di ako maligtas kung hindi ko rin lang makakasama ang aking asawa at mga anak sa kaligtasan." Kanilang nadadama na ang langit ay hindi magiging langit kung wala ang mga mahal nila sa buhay. Subalit yoon bang ganito ang nadadama ay may wastong relasyon sa Dios sa pagkabatid ng Kanyang dakilang kabutihan at kaawaan sa kanila? Kanila bang nalimutan na sila ay natatali ng pinakamatibay na tali ng pag-ibig at karangalan at katapatan sa paglilingkod sa kanilang Manlalalang at Manunubos? Ang paanyaya ng kaawaan ay pinararating sa lahat; at sapagkat ang ating mga kaibigan ay tumatanggi sa nakikiusap na pag-ibig ng Tagapagligtas, tayo rin ba ay tatanggi? Ang kaligtasan ng kaluluwa ay mahalaga. Si Kristo ay nagbayad ng walang hanggang halaga para sa ating kaligtasan, at walang sinomang nakababatid ng kahalagahan ng dakilang pagsasakripisyong ito o ng halaga ng kaluluwa ang tatanggi sa iniaalok na kaawaan ng Dios sa dahilan lamang na iyon ang pinili ng iba. Ang katotohanan na ang iba ay sa marangal Niyang layunin ay kinakailangang gumising sa atin upang higit pang maging masikap, upang maparangalan natin ang Dios, at maakay ang lahat ng ating maaakay, upang tanggapin ang Kanyang pag-ibig.

"Ang araw ay nakalitaw na sa lupa nang dumating si Lot sa Zoar." Ang maliwanag na sinag ng umaga ay tila naghahayag lamang ng kasaganahan at kapayapaan sa mga lungsod ng kapatagan. Ang pagkilos ng abalang buhay ay nagsimula na sa mga lansangan; ang mga tao ay patungo na sa kani-kanilang mga lakad, tungo sa hanap buhay o sa pagliliwaliw sa araw na iyon. Ang mga manugang ni Lot ay nagsasaya sa pangamba at babala ng matandang mahina
[192] ang kaisipan. Nang bigla na lamang tulad sa isang kulog mula sa walang ulap na kalangitan, ang bagyo ay dumating. Ang Panginoon ay nagpaulan ng azufre at apoy mula sa langit sa mga lungsod at mabungang kapatagan; sa mga palasyo at templo, mamahaling tirahan, halamanan at ubasan, at sa mga bakla, mga taong mahilig sa pagliliwaliw na noong gabing bago nangyari iyon ay nangungutya sa mga sugo ng langit—ang lahat ay nangapuksa. Ang usok ng pagkasunog ay tumaas tulad sa usok ng isang malaking hurno. At ang lambak ng Siddim ay naging pawang kasiraan, isang lugar na kailanman ay di na muling itatayo o matitirhan—isang patotoo sa lahat ng henerasyon tungkol sa katiyakan ng mga hatol ng Dios sa pagsalangsang.

Ang mga apoy na tumupok sa mga lungsod ng kapatagan ay nagpaparating ng liwanag ng kanilang babala hanggang sa ating kapanahunan. Tayo ay tinuturuan ng kakila-kilabot na liksyon na samantalang ang kaawaan ng Dios ay gano'n na lamang na mapagtiis sa mga makasalanan, ay mayroong hangganan na kung saan ang mga tao ay hindi na makapagpapatuloy pa sa paggawa ng kasalanan. Kapag ang hangganang iyon ay narating, ang kaloob ng kaawaan ay aalis, at ang paglilingkod ng kahatulan ay nagsisimula.

Ang Tagatubos ng sanlibutan ay nagpahayag na may mga kasalanang higit pa sa mga kasalanang ikinasira ng Sodoma at Gomora. Yaong mga nakarinig ng pabalita na nag-aanyaya sa mga makasalanan upang magsisi, at iyon ay hindi pinakinggan, ay higit pa ang kasalanan doon sa mga napahamak sa lambak ng Siddim. At higit pa rin ang kasalanan ng mga nagpapanggap na nakakakilala sa Dios at sumusunod sa Kanyang mga utos, subalit tinatanggihan si Kristo sa kanilang likas at araw-araw na pamumuhay.

Sabi ng Tunay na Saksi sa iglesia ng Efeso: "Mayroon akong laban sa iyo, na iyong iniwan ang iyong unang pag-ibig. Kaya't alalahanin mo kung saan ka nahulog, at magsisi ka at gawin mo ang

iyong mga unang gawa; o kung hindi ay paririyan ako sa iyo, at aalisin ko ang iyong kandelero sa kanyang kinalalagyan, maliban na magsisi ka.” Apocalipsis 2:4, 5. Ang Panginoon ay naghihintay para sa isang tugon sa Kanyang pag-aalok ng pag-ibig at pagpapatawad, ng may higit na kaawaan kaysa doon sa kumikilos sa puso ng mga magulang sa sanlibutan upang magpatawad sa isang nagkasala at naghihirap na anak. Siya ay sumisigaw sa mga naglalagalag, “Manumbalik kayo sa Akin at Ako’y manunumbalik sa inyo.” [193]
Malakias 3:7. Subalit kung ang nagkasala ay patuloy na tumatanggi na pakinggan ang tinig na tumatawag sa kanya ng may kaawaan, at pagmamahal, siya sa wakas ay maiiwan sa kadiliman. Ang puso na matagal nang tumatanggi sa kaawaan ng Dios, ay nagiging matigas sa kasalanan, at hindi makatatanggap ng impluwensya ng biyaya ng Dios. Kakila-kilabot ang magiging kamatayan ng isang kaluluwa na ang nakikiusap na Tagapagligtas ay magsasabi na siya “ay nalalakip sa mga diyus-diyusan; pabayaan siya.” Oseas 4:17. Magiging mabuti pa ang araw ng paghuhukom para sa mga lungsod ng kapatagan kaysa doon sa mga nakaalam ng pag-ibig ni Kristo, at gano’n pa man ay tumalikod na papalayo upang piliin ang mga kasiyahan ng sanlibutan ng kasalanan.

Kayo na tumatanggi sa mga alok ng kaawaan, isipin ang dumaraming bilang ng mga napapatala laban sa inyo sa mga aklat ng langit; sapagkat may talaang iniingatan tungkol sa mga kasamaan ng mga bansa, sambahayan, at ng isa’t isa. Maaaring magtiis ang Dios samantalang ang mga nakatala ay nadadagdagan, at ang mga panawagan at alok ng pagpapatawad ay maaaring ibigay; subalit ang panahon ay dumadating na kung kailan ang talaan ay mapupuno; at ang kapasiyahan ng kaluluwa ay naganap na; at sa pamamagitan ng sariling kapasiyahan ng tao ang kanyang kahahantungan ay naitakda na. Kung magkagano’n ang hudyat ay ibibigay upang ang hatol ay ipataw.

Mayroong dapat ikabahala sa kalagayan ng mga relihiyon ngayon. Ang kaawaan ng Dios ay winawalang halaga. Ang karamihan ay winawalang halaga ang kautusan ni Jehova, “nagtuturo ng kanilang pinakaaral ang mga utos ng mga tao.” Mateo 15:9. Ang kawalan ng paniniwala sa Dios ay nangingibabaw sa maraming iglesia sa ating kapuluan; hindi yaon mga hindi naniniwala sa Dios sa malawak na kahulugan—na hayagang pagtanggi sa Banal na Kasu-

latan—kundi isang kawalan ng paniniwala sa Dios na nararamtan ng Kristianismo, samantalang binabaliwala nito ang pananalig sa Banal na Kasulatan bilang isang pahayag mula sa Dios. Ang mainit na pagtatalaga at masiglang pagtatapat ay nagbigay ng puwang para sa mababaw na pormalidad. Bunga nito, ang pagtalikod at paghanap sa ikasisiya ang nangingibabaw. Pahayag ni Kristo, "Kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Lot,...gayon din naman ang mangyayari sa araw na ang Anak ng tao ay mahayag." (Lucas 17:28, 30) Ang
[194] talaan ng mga nangyayari araw-araw ay nagpapatotoo sa katuparan ng Kanyang mga salita. Ang sanlibutan ay mabilis na nahihinog para sa kapahamakan. Di magtatagal ang mga hatol ng Dios ay ibubuhos, at ang kasalanan at ang mga makasalanan ay mapupuksa.

Ang sabi ng ating Tagapagligtas: "Mangag-ingat kayo sa inyong sarili, baka mangalugmok ang inyong mga puso sa katakawan, at sa kalasingan, at sa mga pagsusumakit ukol sa buhay na ito, at dumating na bigla sa inyo ang araw na iyon na gaya ng silo: sapagkat gayon darating sa kanilang lahat na nanganananahan sa ibabaw ng buong lupa." —sa lahat ng ang kaisipan ay nakasentro sa lupang ito. "Datapuwat mangagpuyat kayo sa bawat panahon, na mangagsidaing, upang kamtin ninyo ang makatakas sa lahat ng mga bagay na ito na mangyayari, at upang mangakatayo kayo sa harapan ng Anak ng tao." Lucas 21:34-36.

Bago gunawin ang Sodoma, ang Dios ay nagparating ng isang pahayag kay Lot, "Itakas mo ang iyong buhay; huwag kang lumingon o huminto man sa buong kapatagan; tumakas ka hanggang sa bundok, baka ikaw ay mamatay." Ang tinig ding yaon na nagbababala ay narinig ng mga alagad ni Kristo bago masira ang Jerusalem: "Pagka nangakita ninyong nakukulob ng mga hukbo ang Jerusalem, kung magkagayo'y talastasin ninyo na ang kanyang pagkawasak ay malapit na. Kung magkagayo'y ang mga nasa Judea ay magsitakas sa mga bundok." Lucas 21:20, 21. Hindi sila dapat maghintay upang makakuha ng ano man mula sa kanilang mga ari-arian, sa halip ay pagyayamanin ang pagkakataon upang makatakas.

Mayroong paglabas, isang ganap na paghiwalay mula sa kasamaan, isang pagtakas para mabuhay. Gano'n ang nangyari nang panahon ni Noe; gano'n din kay Lot; gano'n din sa mga alagad bago sirain ang Jerusalem; at gano'n din sa mga huling araw. Muli ang tinig ng Dios ay maririnig sa isang babala, inuutusan ang kanyang

bayan upang ihiwalay ang kanilang sarili mula sa lumalaganap na kasamaan.

Ang kalagayan ng pagtalikod at kasamaan na sa mga huling araw ay mahahayag sa mga relihiyon, ay inihayag kay propetang Juan sa pangitain tungkol sa Babilonia, “ang dakilang bayan, na naghahari sa mga hari sa lupa.” Apocalipsis 17:18. Bago ang pagkagunaw noon ang panawagan ay maririnig mula sa kalangitan, “Mangagsilabas kayo sa kanya, bayan Ko, upang huwag kayong mangaramay sa kanyang mga kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kanyang
mga salot.” Apocalipsis 18:4. Tulad sa mga araw ni Noe at ni Lot, ki- [195]
nakailangang magkaroon ng ganap na paghiwalay mula sa kasalanan at mga makasalanan. Hindi maaaring magkaroon ng pagkakasundo ang Dios at ang sanlibutan, hindi na dapat umurong upang magkamit ng mga kayamanan sa lupa. “Hindi kayo makapaglilingkod sa Dios at sa mga kayamanan.” Mateo 6:24.

Tulad sa mga naninirahan sa lambak ng Siddim, ang mga tao ay nangangarap ng kasaganahan at kapayapaan. “Itakas mo ang iyong buhay,” ang babala mula sa mga anghel ng Dios; subalit ang ibang mga tinig ay naririnig na nagsasabing, “Huwag mag-alala; walang dapat ikabahala.” Ang mga karamihan ay nagsasabi, “Kapayapaan at kaligtasan,” samantalang inihahayag ng Langit ang malapit nang pagdating ng biglaang pagkapahamak ng sumasalangsang. Noong gabi bago sumapit ang kanilang pagkapahamak, ang mga lungsod ng kapatagan ay nagkagulo sa kasiyahan at tinatawanan ang mga pangamba at babala ng sugo ng Dios; subalit ang mga manlilibak na iyon ay nangamatay sa apoy; ng gabing iyon ang pinto ng awa ay pangwalang hanggan nang nagsara para sa mga naninirahan sa Sodoma. Hindi maaaring ang Dios ay palaging pagtatawanan; hindi magtatagal ang pagtatawa sa Kanya. “Narito, ang kaarawan ng Panginoon ay dumarating, mabagsik, na may poot at mabangis na galit upang gawing kagibaan ang lupa, at upang lipulin mula roon ang mga makasalanan niyaon.” Isaias 13:9. Ang malaking karamihan ng sanlibutan ay tatanggi sa kaawaan ng Dios, at sila’y magagapi sa mabilis at hindi na maiiurong na pagkapahamak. Subalit yaong nakikinig sa babala ay nananahan “sa lihim na dako ng Kataas-taasan,” at “mananatili sa lilim ng Makapangyarihan sa lahat.” Ang Kanyang katotohanan ang kanilang magiging kalasag at baluti. Para sa kanila ang pangakong, “Aking bubusugin siya ng

mahabang buhay, at ipakikita Kosa kanya ang Aking pagliligtas.” Awit 91:1, 4, 16.

Si Lot ay nanirahan ng maikling panahon lamang sa Zoar. Ang kasamaan ay laganap doon tulad rin sa Sodoma, at nangamba siyang manatili doon, baka sirain ang lungsod. Di nagtagal, ang Zoar ay pinuksa, ayon sa pinanukala ng Dios. Si Lot ay nagtungo sa mga bundok, at tumira sa isang yungib wala ang lahat ng ipinangahas niyang kamtan kahit na malagay ang kanyang sambahayan sa impluwensya ng isang masamang lungsod. Subalit ang sumpa ng Sodoma ay sumunod sa kanya maging hanggang dito. Ang
[196] kasalanang isinagawa ng kanyang dalawang anak ay bunga ng kanilang pakikisalamuha sa masamang lugar. Ang mga kasamaan noon ay naging bahagi na ng kanilang karakter ano pa’t hindi na nila malaman kung ano ang mabuti at masama. Ang tanging lahi ni Lot, ang mga Moabita at mga Amonita, ay masasama, at mga tribong sumasamba sa diyus-diyusan, mapaghimagsik sa Dios at mahigpit na kaaway ng Kanyang bayan.

Anong laking kaibahan ng buhay ni Abraham at ni Lot! Dati sila ay magkasama, sumasamba sa isang altar, magkatabi ang mga toldang tinitirhan; ngunit anong laking pagkakaiba ngayon! Pinili ni Lot ang Sodoma dahil sa mga kasiyahan at pakinabang na naroroon. Iniwan ang altar ni Abraham at ang araw-araw na pag-aalay doon sa buhay na Dios, kanyang pinahintulutan ang kanyang mga anak na makisalamuha sa isang bayang masama at sumasamba sa mga diyus-diyusan; bagaman iningatan niya sa kanyang puso ang pagkatakot sa Dios, sapagkat siya ay nagsabi sa Banal na Kasulatan bilang isang “matuwid” na tao; ang kanyang matuwid na kaluluwa ay ginambala ng maruruming usapan na bumabati sa kanyang pakinig araw-araw at ng karahasan at krimen na wala sa kanyang kapangyarihan upang pigilin. Sa wakas siya ay nailigtas tulad sa “isang dupong na naagaw sa apoy” (Zacarias 3:2), gano’n man ay nawalan ng kanyang mga ari- arian, namatayan ng asawa at mga anak, naninirahan sa mga yungib, tulad sa mababangis na hayop nasakluban ng kasamaan sa kanyang katandaan; at siya ay nagbigay sa sanlibutan, hindi ng lahi ng mga matuwid, kundi ng dalawang bansang mapagsamba sa mga diyus- diyusan, may galit sa Dios at lumalaban sa Kanyang bayan, hanggang, sa mapuno ang kanilang sisidlan ng kasamaan,

sila ay humantong sa pagkapuksa. Kakila-kilabot ang mga bungang sumusunod sa isang maling hakbang!

Sabi ng taong pantas, "Huwag kang mainip sa pagyaman; tumigil ka sa iyong sariling karunungan." "Siyang sakim sa pakinabang ay bumabagabag ng kanyang sariling sambahayan: ngunit siyang nagtatanim sa mga suhol ay mabubuhay." Kawikaan 23:4; 15:27. At inihayag ni apostol Pablo, "Ang nagsisipagnasang yumaman, ay nangahuhulog sa tukso at sa silo, at sa maraming mga pitang hangal at nakasasama, na siyang naglulubog sa mga tao sa kapahamakan at kamatayan." 1 Timoteo 6:9.

Noong si Lot ay pumasok sa Sodoma ay layunin niyang lubos na [197] ingatan ang kanyang sarili upang maging malaya mula sa kasalanan at pasunurin sa kanya ang kanyang sambahayan. Subalit siya ay ganap na nabigo. Ang nakakahawang impluwensya sa kanyang kapaligiran ay nakaapekto sa kanyang pananampalataya, at ang naging relasyon ng kanyang mga anak sa mga taga Sodoma ang bumigkis sa kanyang mga interes upang maging katulad ng sa kanila. At ang naging bunga ay nasa ating harapan.

Marami ang nakagagawa ng gano'n ding pagkakamali. Sa pagpili ng matitirahan ay higit na pinag-uukulan nila ng pansin ang mga makalupang pakinabang ng higit sa moralidad at impluwensya ng mga makakasalamuha na papaligid sa kanila at sa kanilang sambahayan. Pumipili sila ng isang maganda at matabang lugar, o lumilipat sa isang maunlad na lungsod, sa pag-asang magkakaroon ng ibayong pag-unlad; subalit ang kanilang mga anak ay napapaligiran ng tukso, at malimit sila ay nagkakaroon ng mga samahang hindi angkop sa pagpapalago ng kabanalan at pagkakaroon ng tamang likas. Ang kapaligiran ng maluwag na moralidad, ng kawalan ng pananalig, ng pagwawalang bahala sa mga bagay tungkol sa relihiyon, ay may hilig na labanan ang impluwensya ng mga magulang. Ang mga halimbawa ng paglaban sa mga magulang at sa banal na awtoridad ay palaging nasa harap ng mga kabataan; marami ang nagkakaroon ng relasyon sa mga hindi naniniwala sa Dios at hindi kapananampalataya, at nakikipagkasundo sa mga kaaway ng Dios.

Sa pagpili ng tirahan, nais ng Dios na pag-ukulan natin ng pansin, una sa lahat, ang moralidad at pang relihiyong papaligid sa atin at sa ating sambahayan. Maaaring tayo ay malagay sa hindi magandang lugar, sapagkat marami ang nagkakaroon ng kapaligirang hindi nila

ninanais; at kung saan tayo tawagin ng tungkulin, tayo ay tutulungan ng Dios upang manatiling dalisay, kung tayo ay magmamasid at mananalangin, samantalang nanalig sa biyaya ni Kristo. Subalit hindi kinakailangang ilantad natin ang ating mga sarili hanggang maaari sa hindi makabubuti sa pagkakaroon ng isang Kristianong likas. Kung sadya nating inilalagay ang ating mga sarili sa napapaligiran ng kamunduhan at kawalan ng pananampalataya, ay pinalulungkot natin ang Dios at pinaaalis natin ang mga anghel mula sa ating mga tahanan.

Yaong mga nagkakamit ng makasanlibutang kayamanan at karangalan kapalit ng kanilang mga hilig na pangwalang hanggan, sa huli ay mababatid na ang mga iyon ay lubhang kalugihan. Tulad
[198] ni Lot, marami ang nakikitang ang kanilang mga anak ay na- ngapapahamak, at halos di rin maligtas ang sarili nilang kaluluwa. Ang kanilang habang buhay na paggawa ay nasayang; at ang kanilang buhay ay isang malungkot na kabiguan. Kung kanila lamang ginamit ang wastong karunungan, maaaring ang kanilang mga anak ay nagkaroon lamang ng kaunting kasaganaan ng sanlibutan, subalit maaaring natiyak nila ang pagkakaroon ng walang hanggang mana.

Ang mana na ipinangako ng Dios sa Kanyang bayan ay hindi sa sanlibutang ito. Si Abraham ay walang ari-arian sa lupa, "kahit mayapakan ng kanyang paa." Gawa 7:5. Siya ay nagkaroon ng maraming kayamanan at ang mga iyon ay ginamit niya sa ikaluluwalhati ng Dios at sa ikabubuti ng kanyang kapwa tao; subalit hindi niya tiningnan ang sanlibutang ito bilang kanyang tahanan. Siya ay tinawag ng Panginoon upang iwan ang kanyang mga kababayang palasamba sa mga diyus-diyusan, na pinangakuhan ng lupain ng Canaan bilang pangwalang hanggang mana; gano'n pa man siya ni ang anak ng kanyang anak ay hindi natanggap. Nang si Abraham ay nagnais magkaroon ng mapaglilibingan ng kanyang patay, kinakailangang bilhin niya iyon mula sa mga Canaanita. Ang tangi niyang naging ari-arian sa lupang pangako ay ang inukit sa batong libingan sa yungib ng Macpela.

Subalit ang salita ng Dios ay hindi nawalan ng saysay; ni hindi rin iyon nagkaroon ng ganap na katuparan sa paninirahan sa Canaan ng mga Hudyo. "Kay Abraham nga sinabi ang mga pangako, at sa kanyang binhi." Galacia 3:16. Si Abraham ay makikibahagi sa mana. Ang kaganapan ng pangako ng Dios ay maaaring tila

naantala sapagkat “ang isang araw sa Panginoon ay katulad ng isang libong taon, at ang isang libong taon ay katulad ng isang araw” (2 Pedro 3:8); yaon ay tila nagtatagal, subalit sa itinakdang panahon “iyon ay walang pagsalang darating, hindi magtatagal.” Habacuc 2:3. Sa kaloob kay Abraham at sa kanyang binhi ay kabilang hindi lamang ang lupain ng Canaan, kundi ang buong lupa. Kaya ang pahayag ng apostol ay, “Ang pangako kay Abraham o sa kanyang binhi na siyang magmamana ng sanglibutan, kundi sa pamamagitan ng katuwiran ng pananampalataya.” Roma 4:13. At maliwanag na itinuturo ng Banal na Kasulatan na ang pangakong ibinigay kay Abraham ay matutupad sa pamamagitan ni Kristo. Ang lahat ng kay Kristo ay “binhi ni Abraham, at mga tagapagmana ayon sa pangako.”
Mga tagapagmana sa “isang manang di nasisira, at walang dungis, [199]
at hindi kumukupas”—ang lupa na napalaya mula sa sumpa ng kasalanan. Galacia 3:29; 1 Pedro 1:4. Sapagkat “ang kaharian at ang kapangyarihan, at ang kadakilaan ng mga kapangyarihan sa silong ng buong langit, mabibigay sa bayan ng mga banal ng Kataastaasan;” at “ang maamo ay magmamana ng lupain; at masasayahan sa kasaganahan ng kapayapaan.” Daniel 7:27; Awit 37:11.

Ang Dios ay nagbigay kay Abraham ng isang pagtanaw sa isang walang hanggang manang ito, at sa pag-asang ito siya ay nasiyahan. “Sa pananampalataya siya’y naging manlalakbay sa lupang pangako, na gaya sa hindi niya sariling lupa, at tumahan sa mga tolda na kasama si Isaac at si Jacob, na mga tagapagmana ng isang pangako na kasama niya: sapagkat inaasahan niya ang bayang may kinasasaligan, na ang nagtayo at gumawa ay ang Dios.” Hebreo 11:9, 10.

Tungkol sa lahi ni Abraham ay nasulat, “Ayon sa pananampalataya ay nangamatay ang mga ito, na hindi kinamtan ang mga pangako, ngunit kanilang nangakita na natanaw mula sa malayo, at kanilang ipinahayag na sila’y pawang taga ibang bayan at manlalakbay sa ibabaw ng lupa.” Talatang 13. Tayo ay kinakailangang manirahan bilang mga taga ibang bayan at manlalakbay dito kung tayo ay magkakamit ng “lalong magaling na lupain, sa makatuwid baga’y ang sa langit.” Talatang 16. Yaong magiging mga anak ni Abraham ay mangaghahanap ng isang lungsod na kanyang hinanap, “na ang nagtayo at gumawa ay ang Dios.” [200]

## Kabanata 15—Ang Pag-aasawa ni Isaac

Ang kabanatang ito ay batay sa Genesis 24.

Si Abraham ay matanda na, at malapit nang mamatay; subalit mayroon pang isang gawaing kinakailangang gawin upang matupad ang pangako sa kanyang lahi. Si Isaac ang itinalaga ng Dios upang maging tagapagmana ng pagiging tagapag-ingat ng kautusan ng Dios at ama ng piniling bayan, subalit siya ay wala pang asawa. Ang mga naninirahan sa Canaan ay sumasamba sa diyus-diyusan, at hindi ipinahihintulot ng Dios ang pagiging mag-asawa ng kanyang bayan at ng mga taong iyon, sapagkat ang gano'ng pag-aasawa ay humahantong sa pagtalikod sa Dios. Pinangangambahan ng patriarka ang magiging epekto ng nakasisirang impluwensya na nasa paligid ng kanyang anak. Ang kaugaliang pananampalataya ni Abraham sa Dios at pagpapasakop sa Kanyang kalooban ay nahahayag sa likas ni Isaac; subalit ang pagsinta ng binata ay malakas, at siya ay maginoo at mapagpakumbaba. Kung siya ay makakapangasawa ng isang walang pagkatakot sa Dios, siya ay mapanganib na isakripisyo ang prinsipyo alang-alang sa pagkasundo. Sa isipan ni Abraham ang pagpili ng isang asawa para sa kanyang anak ay napakahalaga; nais niyang ang mapangasawa niya ay isa na hindi mag-aakay sa kanya papalayo sa Dios.

Noong unang mga panahon ang pag-aasawa ay karaniwang isinasaayos ng mga magulang, at ito ang kaugalian noong mga may pagkatakot sa Dios. Walang pinipilit magpakasal doon sa hindi nila iniibig; subalit sa pagkakaloob ng kanilang pagmamahal ang mga kabataan ay napapatnubayan ng kahatulan ng kanilang mga karanasan, at may pagkatakot sa Dios na mga magulang. Itinuturing na paglapastangan sa mga magulang, at isang krimen, ang lumabag dito.

Si Isaac, sa pagtitiwala sa katalinuhan at pagmamahal ng kanyang ama, ay nasisiyahang ipaubaya ang bagay na ito sa kanya, naniniwala rin na ang Dios mismo ay mangunguna sa isasagawang

pagpili. Ang isip ng patriarka ay napatuon sa lahi ng kanyang ama na nasa Mesopotamia. Bagaman sila ay may pagsamba sa mga diyus-diyusan, kanilang pinahahalagahan ang kaalaman at pagsamba sa [201]
tunay na Dios. Si Isaac ay hindi kinakailangang umalis sa Canaan upang magtungo sa kanila, subalit maaaring isa sa kanila ay maaaring iwan ang kanyang tahanan at makiisa kay Isaac sa pagpapanatili ng dalisay na pagsamba sa buhay na Dios. Itinagubilin ni Abraham ang mahalagang bagay na ito sa "kanyang pinakamatandang katiwala," isang taong tapat, makaranasan, at may mabuting kapasyahan, na nagkaloob na sa kanya ng mahaba at matapat na paglilingkod. Hiniling niyang sumumpa ang aliping ito sa harap ng Panginoon, na hindi siya kukuha ng isang asawa para kay Isaac mula sa mga Canaanita, sa halip ay pipili ng isang dilag mula sa pamilya ni Nahor na naninirahan sa Mesopotamia. Ibinilin niyang huwag dadalhin si Isaac doon. Kung ang dalaga ay hindi papayag na sumama upang iwan ang kanyang tahanan, kung magkagayon ang sinugo ay maliligtas sa kanyang panata. Siya ay pinasigla ng patriarka sa mahirap na gawaing ito sa pamamagitan ng paniniyak na ang Dios ang magpuputong ng tagumpay sa kanyang lakad. "Ang Panginoon, ang Dios ng langit," wika niya, "na kumuha sa akin sa bahay ng aking ama, at sa lupaing aking tinubuan,... ay magsusugo siya ng isang anghel sa harapan mo." Ang sugo ay humayo ng walang pag-aatubili. Nagdala ng sampung kamelyo para sa kanyang mga kasama at sa grupo ng kakasalin na maaaring sumama sa kanya sa pag-uwi, naghanda rin ng mga kaloob para sa mapapangasawa at sa kanyang mga kaibigan, kanyang binagtas ang mahabang lakbayin, tuloy hanggang sa mayayamang kapatagan na ang hangganan ay ang dakilang ilog ng Kanluran. Dumating sa Haran, "sa bayan ni Nahor," siya ay tumigil sa labas ng bayan, sa tabi ng balon kung saan ang mga babae ay nagtutungo sa hapon upang kumuha ng tubig. Iyon ay panahon ng matinding pag-iisip para sa kanya. Mahalagang ibubunga, hindi lamang sa sambahayan ng kanyang panginoon, kundi pati sa hinaharap na henerasyon na maaaring sumundo sa pagpili na kanyang isasagawa; at paano siya makapipili ng husto sa kalagitnaan ng pawang mga taong di kilala? Sa pag-aalala sa pananalita ni Abraham, na susuguin ng Dios ang Kanyang mga anghel upang sumama sa kanya, siya ay taimtim na dumalangin para sa tamang kapasyahan. Sa sambahayan ng kanyang panginoon

siya ay sanay sa patuloy na pagpapahayag ng kabaitan at pagiging mapagtanggap, at kanya ngayong hiniling na ang isang kilos na
[202] gano'n ay maging palatandaan ng dalagang pinili ng Dios.

Halos hindi pa natatapos ang dalangin nang ang tugon ay ipinagkaloob. Isa sa mga babae na natipon sa balon, ang pagiging magalang ng isa ang tumawag sa kanyang pansin. Sa pag-alis niya mula sa balon, ang dayuhan ay sumalubong sa kanya, na humihingi ng tubig mula sa banga na kanyang dala. Ang kahilingan ay tumanggap ng mabait na katugunan, na may alok na pagkuha ng tubig para din sa mga kamelyo, isang paglilingkod na kinagawian maging ng mga anak ng mga prinsipe para sa mga alagang hayop ng kanilang mga ama. Sa gano'ng paraan ang hinihiling na tanda ay ipinagkaloob. Ang dalaga ay "may magandang anyo," at ang kanyang pagiging magalang ay nagbigay ng patotoo sa isang mabait na puso at masigla, at masipag na likas. Hanggang sa mga sandaling ito ang kamay ng Dios ay sumasa kanya. Matapos mabigyang pansin ang kanyang kabaitan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanyang mga kaloob, nagtanong ang sugo tungkol sa kanyang mga magulang, at sa pagkabatid na siya ay anak ni Bethuel, na pamangkin ni Abraham, siya ay "lumuhod at sumamba sa Panginoon."

Ang lalaki ay humiling na makatuloy sa tahanan ng ama ng dalaga, at sa kanyang pagbigkas ng pagpapasalamat kanyang naihayag ang tungkol sa relasyon niya kay Abraham. Sa pag-uwi sa tahanan, ay isinaysay ng dalaga kung ano ang nangyari, at si Laban, na kanyang kapatid, ay kaagad nagmadali upang dalhin ang dayuhan at ang kanyang mga kasama upang makibahagi sa kanilang pagiging mapagtanggap.

Si Eliezer ay ayaw kumain ng pagkaing inihain sa kanya hanggang hindi naisasaysay ang pagkakasugo sa kanya, ang kanyang panalangin sa may balon, at ang lahat ng mga pangyayaring kaugnay noon. At kanyang sinabi, "At ngayon, kung inyong mamagandahing loob at mamatapatin sa aking panginoon ay sabihin din ninyo sa akin; upang pumihit ako sa kanan o sa kaliwa." Ang katugunan ay, "Sa Panginoon nagmula ito: kami ay hindi makapagsasabi sa iyo ng masama o ng mabuti. Narito, si Rebecca ay nasa harap mo, dalhin mo, at yumaon ka, at siya'y maging asawa ng anak ng iyong panginoon, na gaya ng sinalita ng Panginoon."

Matapos mahiling ang pahintulot ng sambahayan, si Rebecca mismo ay tinanong kung siya ay sasama sa lugar na malayo sa tahanan ng kanyang ama, upang magpakasal sa anak ni Abraham. Siya ay naniwala, mula sa mga nangyari, na siya ay pinili ng Dios upang maging asawa ni Isaac, at kanyang sinabi, "Sasama ako." [203]

Ang alipin, sa pag-asang matutuwa ang kanyang panginoon sa tagumpay ng kanyang misyon, ay hindi na mapigilan sa pag-alis; at pagkaumaga sila ay naglakbay pauwi. Si Abraham ay naninirahan sa Beerseba, at si Isaac, na nag-aalaga ng mga kawan sa kalapit na bukid, ay nagbalik na sa tolda ng kanyang ama upang hintayin ang pagbalik ng sugo mula sa Haran. "At lumabas si Isaac sa parang upang magmuni-muni ng dakong hapon: at kanyang itiningin ang kanyang mga mata, at kanyang nakita, at, narito, may dumarating na mga kamelyo. Itiningin naman ni Rebecca ang kanyang mga mata at nang makita niya si Isaac, ay bumaba sa kamelyo. At sinabi ni Rebecca sa alilang katiwala, Sino yaong taong naglalakad sa parang na sumasalubong sa atin? At sinabi ng alilang katiwala, Yaon ang aking panginoon: at kinuha niya ang kanyang lambong, at siya'y nagtakip. At isinaysay ng alilang katiwala kay Isaac ang lahat ng kanyang ginawa. At dinala siya ni Isaac sa tolda ni Sara na kanyang ina, at ipinagsama si Rebecca, at naging kanyang asawa; at kanya namang sininta: at naaliw si Isaac, pagkamatay ng kanyang ina."

Tinandaan ni Abraham ang bunga ng pagiging mag-asawa noong may pagkatakot sa Dios at noong walang pagkatakot sa kanya, mula sa mga araw ni Cain hanggang sa kanyang kapanahunan. Ang naging bunga ng kanyang pag-aasawa kay Agar, at ang naging pag-aasawa nila Ismael at ni Lot ay nangasa harapan niya. Ang kakulangan ng pananampalataya sa bahagi ni Abraham at ni Sara ay humantong sa pagkapanganak kay Ismael, ang paghahalubilo ng mabuting binhi at ng hindi mabuti. Ang impluwensya ng ama sa kanyang anak ay sinalungat ng lahi ng inang mapagsamba sa mga diyus-diyusan at ng pag-aasawa ni Ismael sa mga babaeng hindi kumikilala sa Dios. Ang paninibugho ni Agar, at ng mga asawang pinili niya kay Ismael, ay naghatid ng hadlang sa paligid ng sambahayan ni Abraham na pinilit niyang mapanagumpayan subalit siya ay nabigo.

Ang mga maagang pagtuturo ni Abraham ay winalang saysay ni Ismael, subalit ang impluwensya ng kanyang mga asawa ay humantong sa pagtatag ng pagsamba sa mga diyus-diyusan sa kanyang

sambahayan. Sa pagkakahiwalay mula sa kanyang ama, at kapaitan ng mga hidwaan at labanan sa isang tahanang salat sa pag-ibig at pagkatakot sa Dios, si Ismael ay naakay upang piliin ang karahasan,
[204] at mapagdambong na buhay ng isang pinuno sa ilang, "ang kanyang kamay" "laban sa lahat, at ang kamay ng lahat ay laban sa kanya." Genesis 16:12. Noong kanyang mga huling araw ay pinagsisihan niya ang kanyang masasamang gawa at nanumbalik sa Dios ng kanyang ama, subalit ang bakas sa likas na nasalin sa kanyang mga anak ay nananatili. Ang makapangyarihang bansa na nagmula sa kanya ay isang magulo, at mga taong walang pagkatakot sa Dios, na patuloy na naging nakayamot at mapagpahirap sa mga anak ni Isaac.

Ang asawa ni Lot ay isang masakim, at hindi relihiyosong babae, at ang kanyang impluwensya ay ginamit upang mawalay ang kanyang asawa mula kay Abraham. Kung hindi dahil sa kanya, si Lot ay maaaring hindi nanatili sa Sodoma, na napagkakaitan ng payo ng pantas, at may pagkatakot sa Dios na patriarka. Ang impluwensya ng kanyang asawa at ang mga pakikihalubilo sa masamang bayan ay maaaring nakaakay sa kanya upang tumalikod sa Dios kung hindi lang dahil sa matapat na mga turo na una niyang tinanggap mula kay Abraham. Ang pag-aasawa ni Lot at ang pagpili niya sa Sodoma upang maging tahanan ang unang yugto ng mga pangyayaring nagdulot ng kasamaan sa sanlibutan sa loob ng maraming henerasyon.

Walang sino mang may pagkatakot sa Dios ang walang kapanga- panganib na maiugnay ang kanyang sarili sa isa na walang pagkatakot sa Kanya. "Makalalakad baga ang dalawa na magkasama, liban na sila'y magkasundo?" Amos 3:3. Ang kaligayahan at pag-unlad ng pag-aasawa ay nakasalalay sa pagkakaisa ng dalawang panig; subalit sa pagitan ng isang mananampalataya at ng hindi mananampalataya ay may malaking kaibahan ng panglasa, hilig, at mga layunin. Sila ay naglilingkod sa dalawang panginoon, na walang pagkakasundo. Gaano man kadalisay at wasto ang prinsipyo ng sino man, ang impluwensya ng isang hindi sumasampalatayang kabiyak ay may hilig umakay papalayo sa Dios. Siya na nag-aasawa ng hindi pa hikayat, ay sa pamamagitan ng kanyang pagiging hikayat ay nalalagay sa isang higit na matinding kapanagutan upang maging tapat sa kanyang kabiyak, gano'n kalaki ang kanilang pagkakaiba tungkol sa relihiyon; gano'n pa man ang mga inaasahan ng Dios ay dapat ilagay sa katayuang nakahihigit sa lahat ng ug-

nayan sa lupa, humantong man iyon sa mga pagsubok at pag-uusig. Taglay ang diwa ng pag-ibig at kaamuan, ang ganitong pagtatapat ay maaaring bunga ng impluwensya upang mahikayat ang hindi sumasampalataya. Subalit ang pag-aasawa ng isang Kristiano sa isang hindi sumasampalataya ay ipinagbabawal sa Banal na Kasula- [205]
tan. Ang utos ng Dios ay, "Huwag kayong makipamatok ng kabilang sa mga di nagsisisampalataya." 2 Corinto 6:14, 17, 18.

Si Isaac ay lubos na pinararangalan ng Dios sa pagiging tagapagmana ng mga pangako na sa pamamagitan noon ang sanlibutan ay pagpapalain; gano'n pa man noong siya ay apatnapung taong gulang na ay sumang-ayon siya sa kapasyahan ng kanyang ama sa utos sa kanyang makaranasan, at may pagkatakot sa Dios na alipin upang pumili ng isang asawa para sa kanya. At ang naging bunga ng pag-aasawang iyon, sang-ayon sa pahayag ng Banal na Kasulatan, ay isang mapagmahal at magandang larawan ng kaligayahan sa tahanan: "At dinala siya ni Isaac sa tolda ni Sara na kanyang ina, at ipinagsama si Rebecca, at naging kanyang asawa; at kanya namang sininta: at inaliw si Isaac, pagkamatay ng kanyang ina."

Anong kaibahan ng landas ni Isaac at ng mga kabataan sa ating kapanahunan, maging sa mga nagpapanggap na mga Kristiano! Ang mga kabataan ay malimit nakadarama na ang pagpapahayag ng kanilang pag-ibig ay isang bagay na sarili lamang nila ang dapat tanungin—isang bagay na hindi maaaring pangunahan ng Dios ni ng kanilang mga magulang. Bago pa sila makarating sa sapat na gulang iniisip nilang sila ay makagagawa na ng sarili nilang kapasyahan, hiwalay sa tulong ng kanilang mga magulang. Ang kaiksian ng buhay mag-asawa ay kalimitan sapat na upang ipakita sa kanila ang kanilang pagkakamali, subalit malimit ay huli na upang maiwasan ang masamang ibubunga noon. Sapagkat ang gano'n ding kakulangan ng kaalaman at pagpipigil sa sarili na nag-udyok sa madaliang pagpili ay hinahayaan upang palalain ang kasamaan, hanggang sa ang pag-aasawa ay maging isang mapait na pasanin. Marami ang sa gano'ng paraan ay sumira sa kanilang kasiyahan sa buhay na ito at sa kanilang pag- asa sa buhay na darating.

Kung mayroon mang isang paksa na kinakailangang pag-isipang lubos at kung saan ang payo ng nakatatanda at may higit na karanasan ay kinakailangang isaalang-alang, ang paksang iyon ay ang pag-aasawa; kung may panahong ang Biblia ay kailangan bilang

isang tagapayo, kung may panahong ang patnubay ng Dios ay kinakailangang hilingin sa pananalangin, ang panahong iyon ay bago magsagawa ng hakbang na magtatali sa dalawang tao sa habang buhay.

[206] Hindi dapat kaligtaan ng mga magulang ang sarili nilang kapanagutan para sa hinaharap na kaligayahan ng kanilang mga anak. Ang pagsang-ayon ni Isaac sa kapasyahan ng kanyang ama ay bunga ng pagsasanay na nagturo sa kanya upang mahalin ang buhay masunurin. Bagaman inaasahan ni Abraham na ang kanyang mga anak ay gagalang sa karapatan ng mga magulang, ang araw-araw niyang pamumuhay ay nagpapatotoo na ang karapatan ay di isang sakim o sapilitang pagpapasunod, kundi nakasalalay sa pag-ibig, na isinaalang-alang ang kanilang kapakanan at kaligayahan.

Kinakailangang madama ng mga ama at ina na isang tungkulin ang nasa kanila sa pagpatnubay sa pag-ibig ng mga kabataan, upang sila ay malagay doon sa magiging angkop na kasama. Kinakailangang madama iyon na isang tungkulin, sa pamamagitan ng kanilang sariling pagtuturo at halimbawa, kasama ang tumutulong na biyaya ng Dios, upang sa gano'n ay hubugin ang likas ng mga anak mula sa kanilang pagkabata na sila ay magiging dalisay at marangal at maakit sa mabuti at totoo. Ang magkatulad ay nag-aakitan; ang magkatulad ay naghahangaan. Mangyaring ang pag-ibig sa katotohanan at kadalisayan at kabutihan ay maagang maitanim sa kaluluwa, at hahanapin ng mga kabataan ang pakisama ng mga may gano'n ding likas.

Mangyaring sikapin ng mga magulang, sa sarili nilang likas at pamumuhay sa tahanan, ang mabigyan ng halimbawa ng pag-ibig at kabutihan ng makalangit na Ama. Mangyaring ang tahanan ay mapuno ng sikat ng araw. Ito ay magiging mahalaga para sa inyong mga anak ng higit pa sa mga lupain o salapi. Mangyaring ang pag-iibigan sa tahanan ay maging buhay sa kanilang mga puso, upang sila'y makalingon sa tahanan ng kanilang kabataan bilang lugar ng kapayapaan at kasiyahan na pumapangalawa sa langit. Ang mga miembro ng tahanan ay hindi magkakatulad ang likas, at magkakaroon ng malimit na pagkakataon upang magpasensya at maging mapagbigay; subalit sa pamamagitan ng pag-iibigan at pagsupil sa sarili ang lahat ay maaaring mabigkis sa pinakamaiapit na pagkakaisa.

Ang tunay na pag-ibig ay isang mataas at banal na prinsipyo at tunay na kakaiba ang likas sa pag-ibig na pinupukaw ng simbuyo at pagdakay biglang namamatay kapag sinubok ng lubos. Sa pamamagitan ng pagiging tapat sa tungkulin sa tahanan ng mga magulang ang mga kabataan ay naghahanda sa pagkakaroon ng sarili nilang tahanan. Papangyarihing dito ay magsanay sila ng pagtanggi sa
sarili at magpahayag ng kabaitan, paggalang, at pagkamaawaing [207]
Kristiano. Sa gano'ng paraan ang pag-ibig ay maiingatang mainit sa puso, at siya na lumalabas sa gano'ng tahanan upang tumindig bilang ulo ng sarili niyang tahanan ay makaalam kung paano magpapasaya sa kanya na kanyang pinili upang maging kabiyak ng buhay. Ang pag-aasawa, sa halip na maging wakas ng pag-iibigan, ay magiging
simula pa lamang. [208]

## Kabanata 16—Si Jacob at si Esau

Ang kabanatang ito ay batay sa Genesis 25:19-34; 27.

Si Jacob at si Esau, ang kambal na mga anak ni Isaac, ay naghahayag ng malaking pagkakaiba, kapwa sa likas at sa buhay. Ang pagkakaibang ito ay inihayag ng anghel ng Dios bago pa sila isilang. Nang tugunin ang dalangin ni Rebecca sa kanyang kagulumihanan ay sinabi na dalawang anak na lalaki ang ibibigay sa kanya, inihayag sa kanya ang kanilang magiging kasaysayan sa hinaharap, na ang dalawa ay kapwa magiging ulo ng malaking bansa, subalit ang isa ay magiging mas makapangyarihan kaysa sa isa, at ang mas bata ang makahihigit.

Si Esau ay lumaki sa pagpapasiya sa sarili at itinuon ang lahat ng kanyang pag-iisip sa kasalukuyan. Nabubugnot sa mga ipinagbabawal, ang ikinasisiya niya ay ang mabangis na kalayaan ng mga hayop, at bata pa nang piliin ang buhay ng isang mangangaso. Gano'n pa man siya ang paborito ng ama. Ang matahimik na buhay ng isang pastol ay humahanga sa pagiging mapangahas at malakas ng panganay na anak na ito, na walang takot na lumilibot sa mga bundok at mga ilang, at umuuwi na may huli para sa kanyang ama at may mga kapana-panabik na salaysay tungkol sa kanyang mapagsapalarang buhay. Si Jacob, maalalahanin, masipag, at mahilig sa pangangalaga, at laging pinag-uukulan ng pansin ang hinaharap ng higit na kasalukuyan ay nasisiyahang manatili sa tahanan, abala sa pag-aalaga ng kawan at pagbubungkal ng lupa. Ang kanyang matiising pagsusumikap, pagiging matipid, at mapagtanaw sa hinaharap ay pi- nahalagahan ng kanyang ina. Ang kanyang pag-ibig ay malalim at malakas, at ang kanyang maginoo, at di-sumusukong pagtingin ay nagdaragdag sa kanya ng kasiyahan na higit sa mapagmalaki at pamin- san-minsang kabaitan ni Esau. Para kay Rebecca, si Jacob ang higit na mahal niyang anak.

Ang mga pangako na ibinigay kay Abraham at pinagtibay kay Isaac ay pinanghawakan ni Isaac at ni Rebecca bilang sentro ng

kanilang mga kagustuhan at inaasahan sa hinaharap. Talos ni Esau at ni Jacob ang mga pangakong ito. Sila ay tinuruan upang pahalagahan ang karapatan ng pagiging panganay, sapagkat kaugnay noon hindi [209] lamang ang pagmamana ng makasanlibutang kayamanan kundi pati ang espirituwal na pamumuno. Siya na tatanggap noon ay magiging saserdote ng sambahayan, at sa hanay ng kanyang mga anak ang Tagatubos ng sanlibutan ay isisilang. Sa kabilang dako, may mga pananagutan ang may hawak ng karapatan ng pagiging panganay. Siya na magmamana ng biyaya noon ay kinakailangang italaga ang kanyang buhay sa paglilingkod sa Dios. Tulad ni Abraham, siya ay kinakailangang maging masunurin sa mga utos ng Dios. Sa kanyang pag-aasawa, sa mga pakikipag-ugnayan ng kanyang sambahayan, sa pakikitungo sa madla, kinakailangang sumangguni siya sa kalooban ng Dios.

Inihayag ni Isaac sa kanyang mga anak ang mga karapatan at pananagutang ito, at maliwanag na ipinahayag na si Esau, bilang panganay, ang may karapatan sa pagkapanganay. Subalit si Esau ay walang hilig sa pananalangin, walang hilig sa isang relihiyosong buhay. Ang mga pananagutan ng pagkapanganay ay hindi niya tinatanggap at ikinagagalit pa niya. Ang kautusan ng Dios, na naging kundisyon ng pakikipagtipan ng Dios kay Abraham, ay itinuring ni Esau bilang isang pamatok ng pagkaalipin. Nakahilig sa pagbibigay laya sa sarili, wala na siyang ninais pa ng lubos kundi ang kalayaang magawa ang ano mang kanyang naisin. Para sa kanya ang kapangyarihan at kayamanan, kainan at tawanan ay kasiyahan. Lumuluwalhati siya sa hindi napipigilang kalayaan ng kanyang mabangis, at palaboy na buhay. Naalaala ni Rebecca ang mga salita ng anghel, at nabasa niya ng may higit na malinaw na pananaw kay sa kanyang asawa ang likas ng kanilang mga anak. Siya ay nakatiyak na ang pagmamana ng banal na pangako ay para kay Jacob. Inulit niya kay Isaac ang mga salita ng anghel; subalit ang pagmamahal ng ama ay nakasentro sa kanyang panganay na anak, at siya ay hindi nanlulupaypay sa layuning iyon.

Natutunan ni Jacob mula sa kanyang ina na ang banal na pahiwatig na ang karapatan ng pagkapanganay ay mapapasa kanya, at siya ay napuno ng di mabigkas na pagnanasa sa mga karapatan na kaugnay noon. Hindi ang pagkamay-ari sa mga ari-arian ng kanyang ama ang kanyang ninais; ang espirituwal na pagkapanganay ang

layunin ng kanyang pagnanasa. Ang makipag-ugnayan sa Dios gaya ni Abraham, ang maghandog ng hain para sa ikatutubos ng kanyang
[210] sambahayan, ang pagiging tagapagsilang ng piniling bayan at ng ipinangakong Mesiyas, at ang magmana ng mga walang hanggang pag-aari na kabilang sa mga biyaya ng tipan—narito ang mga karapatan at kara- ngalan na nagpapaapoy sa matindi niyang pagnanasa. Ang kanyang kaisipan ay patuloy na tumitingin sa hinaharap at nagsisikap makamtan ang mga di nakikitang pagpapala.

Taglay ang lihim na ninanasa ay pinakinggan niya ang lahat ng sinabi ng kanyang ama tungkol sa espirituwal na pagkapanganay; maingat niyang pinahalagahan ang nalaman niya buhat sa kanyang ina. Araw at gabi ang paksang iyon ang pumuno sa kanyang pag- iisip. Subalit samantalang gano'ng pinahahalagahan niya ang pangwalang hanggan ng higit sa mga lumilipas na pagpapala, si Jacob ay walang kaalamang batay sa karanasan tungkol sa Dios na kanyang pinagpipitaganan. Ang kanyang puso ay hindi pa nababago ng biyaya ng Dios. Iniisip niya na ang pangako tungkol sa kanya ay hindi matutupad hanggang hindi ipinauubaya ni Esau ang mga karapatan ng pagkapanganay, at hindi siya tumigil sa paggawa ng paraan upang makamtan ang pagpapala na hindi lubos na pinahahalagahan, subalit lubos na mahalaga para sa kanya.

Nang si Esau, sa pag-uwi isang araw ay nanlalambot at pagod na pagod mula sa kanyang pangangaso, ay humingi ng pagkain na ini- hahanda ni Jacob, yo'ng isa, na ang isang iniisip ay pinakamahalaga sa lahat, ay sinamantala ang pagkakataon, at nag-alok na pakakainin ang kanyang nagugutom na kapatid kapalit ng pagkapanganay. "Narito ako'y namamatay," reklamo ng walang ingat, at mapagbigay lugod sa sariling mangangaso, "at saan ko mapapakinabangan ang pagkapanganay?" At para sa isang plato ng pulang lutuin ay binitiwan niya ang kanyang pagkapanganay, at pinagtibay ang usapan sa pamamagitan ng panunumpa. Madali lang sana siyang makakukuha ng makakain sa tolda ng kanyang ama, subalit upang mapagbigyan ang kagustu- han sa sandaling iyon ay walang pakundangan niyang ipinagpalit ang maluwalhating pamana na ang Dios mismo ang nangako sa kanyang mga ama. Ang buo niyang kaisipan ay nasa pangkasalukuyan. Handa niyang ipagpalit ang makalangit na bagay sa makalupa, upang ipag- palit biyaya sa hinaharap para sa pangkasalukuyang kagustuhan.

"Gayon winalang halaga ni Esau ang kanyang pagkapanganay." Sa pagbibitiw noon siya ay nakadama ng kaginhawahan. Ngayon ang kanyang landas ay hindi na nahahadlangan; magagawa niya ano man ang kanyang naisin. Para sa ligaw na kasiyahang ito, [211] na napapag- kamaliang kalayaan, ilan ang nagbibili ng kanilang pagkapanganay sa isang mamanahing dalisay at hindi narurumihan, at walang hanggan sa mga langit!

Mahilig sa pawang panlabas at makalupang pang-alat, si Esau ay kumuha ng dalawang asawa mula sa mga anak ni Heth. Sila ay sumasamba sa mga diyus-diyusan, at ang kanilang pagsamba sa mga diyus-diyusan ay isang mapait na kalungkutan para kay Isaac at kay Rebecca. Sinuway ni Esau ang isa sa mga batayan ng tipan, na nag- babawal sa pakikipag-asawahan ng piniling bayan ng Dios sa mga hindi naniniwala sa Dios; gano'n pa man si Isaac ay hindi pa rin nagkakaroon ng ibang kapasyahan tungkol sa pagbibigay sa kanya ng mga karapatan ng pagkapanganay. Ang pananaw ni Rebecca, at ang matinding pagnanasa ni Jacob para sa pagpapala, at pagwawalang bahala ni Esau sa mga pananagutan noon ay hindi makapagbabago sa kapasyahan ng ama.

Ang mga taon ay lumipas, hanggang sa si Isaac, matanda na at bulag, ay magpasyang hindi na ipagpaliban ang pagbibigay ng pagpapala sa kanyang panganay na anak. Subalit sa pagkabatid ng pagtu- tutol ni Rebecca at ni Jacob, ipinasiya niyang isagawa ng lihim ang banal na seremonya. Sang-ayon sa kaugalian ng pagha-handa para sa gano'ng okasyon, ay sinugo ng patriarka si Esau, "Lumabas ka sa parang, at ihuli mo ako ng usa; at igawa mo ako ng masarap na pagkain,... upang ikaw ay basbasan ko bago ako mamatay."

Narinig ni Rebecca ang kanyang layunin. Siya ay nakatitiyak na iyon ay hindi ayon sa inihayag na kalooban ng Dios. Si Isaac ay nasa mapanganib na hindi pagkalugod ng Dios sa pagkakait sa mas naka- babata niyang anak sa kalagayang itinawag sa kanya ng Dios. Nabigo na siya nang subukan niyang ihayag ang kanyang pananaw kay Isaac, at nagpasiya siyang gumamit ng kaparaanan.

Di pa natatagalan pagka-alis ni Esau ay gumayak si Rebecca upang isakatuparan ang kanyang panukala. Sinabi niya kay Jacob ang nangyari, at pinilit siyang gumawa ng paraan upang huwag mapabigay ang pagpapala, na ganap at hindi na mababago kay Esau.

At tiniyak niya sa kanyang anak na kung susundin niya ang kanyang sasabihin, ay maaaring makamtan niya iyon ayon sa ipinangako ng Dios. Hindi kaagad sumang-ayon si Jacob sa panukala na kanyang iminungkahi. Ang kaisipang kanyang dadayain ang kanyang ama ay
[212] lubos na nag- pagulo sa kanya. Kanyang nadama na ang gano'ng kasalanan ay maaaring maghatid ng-sumpa sa halip na pagpapala. Subalit ang kanyang mga pagdadahilan ay nadaig, at siya ay humakbang upang isakatuparan ang mga mungkahi ng kanyang ina. Hindi niya layunin ang bumigkas ng kasinungalingan, subalit nang siya ay nasa harapan na ng kanyang ama ay tila lubhang malayo na ang kanyang nararating upang magbalik pa, at tinamo niya sa pamamagitan ng pagsisinu- ngaling ang ninanasa niyang pagpapala.

Si Jacob at si Rebecca ay nagtagumpay sa kanilang panukala, subalit sila ay nagkamit lamang ng gulo at kalungkutan sa pamamagitan ng kanilang panlilinlang. Itinakda ng Dios na si Jacob ang tatanggap ng karapatan ng pagkapanganay, at ang Kanyang salita ay maaaring natupad sa sarili niyang kapanahunan kung sila lamang ay naghintay ng may pananampalataya upang gumawa para sa kanila. Subalit tulad sa maraming nagpapanggap na mga anak ng Dios ngayon, sila ay hindi handa upang ipaubaya ang bagay na iyon sa Kanyang mga kamay. Mapait na pinagsisihan ni Rebecca ang maling payo na ibinigay niya sa kanyang anak; iyon ang naging daan upang sila ay mag- kahiwalay, at di na niya kailanman nakita pa ang kanyang mukha. Mula noong oras na kanyang tanggapin ang karapatan ng pagkapanganay, si Jacob ay napuno na ng paghamak sa sarili. Siya ay nag- kasala sa kanyang ama, kapatid, sariling kaluluwa, at sa Dios. Sa isang maikling oras siya ay nakagawa ng isang bagay na kanyang pagsisisi- han habang buhay. Ang tagpong ito ay naging maliwanag pa sa kanya makalipas ang maraming taon, noong ang masamang landas ng sarili niyang mga anak ay magpalungkot sa kanyang kaluluwa.

Kaalis pa lamang ni Jacob sa tolda ng kanyang ama nang si Esau ay pumasok. Bagaman kanyang ipinagbili ang kanyang karapatan sa pagiging panganay, at iyon ay pinagtibay sa pamamagitan ng isang banal na panunumpa, siya ngayon ay nagnanasang tanggapin ang mga pagpapala noon, di iniisip ang pag-aangkin ng kanyang kapatid. Kaugnay ng espirituwal ay ang temporal na pagkapanganay, na magbibigay sa kanya ng pagiging puno ng sambahayan at dalawang

ba- hagi ng kayamanan ng ama. Ito ay mga pagpapalang kanyang pinahahalagahan. "Bumangon ang ama ko," ang wika niya, "at kumain ng usa ng kanyang anak, upang basbasan ako ng iyong kaluluwa."

Nanginginig sa pagkamangha at pagkabalisa, nabatid ng bulag at matandang ama ang panlilinlang na ginawa sa kanya. Ang kanyang matagal nang kinagigiliwang mga pag-asa ay nasira, at [213] lubos niyang nadama ang kabiguang sasapit sa kanyang panganay na anak. Gano'n pa man ang kaisipan ay dumating sa kanya na kalooban ng Dios ang dumaig sa kanyang layunin at nagpapangyari ng bagay na sinisikap niyang iwasan. Kanyang naalaala ang pananalita ng anghel kay Rebecca, at sa kabila ng kasalanang ginawa ni Jacob, nakita niya sa kanya ang pagiging angkop upang magsakatuparan ng mga layunin ng Dios. Samantalang kanyang binibigkas ang pagpapala, kanyang nadama ang inspirasyon ng Espiritu na sumasa kanya; at ngayon, sa pagkabatid ng buong pangyayari, kanyang pinagtibay ang basbas na di niya sinasadyang nabigkas kay Jacob: "Aking binasbasan siya, oo, at siya'y magiging mapalad."

Hindi ni Esau lubos na pinahalagahan ang pagpapala samantalang iyon ay maaari niyang makamtan, subalit kanyang ninanasang makamtan iyon ngayong iyon ay wala na sa kanya magpakailan pa man. Ang lahat ng lakas ng kanyang mapusok, at magagaliting likas ay napukaw, at ang kanyang pagkalungkot at galit ay kakila-kilabot. Siya ay humiyaw ng di kawasang kapanglawan, "Basbasan mo ako, ako naman, Oh ama ko!" "Hindi mo ba ako ipinaglaan ng basbas?" Subalit ang pangakong ibinigay ay hindi na muli pang mababawi. Ang karapatan ng pagkapanganay na walang pag-iingat niyang ipi- nagpalit ay hindi na niya makukuha pang muli. "Sa isang pinggang pagkain," para sa isang panandaliang pagbibigay-kasiyahan sa panlasa na kailan man ay di na papipigil, ay ipinagbili ni Esau ang kanyang mana; subalit nang makita niya ang kanyang pagkakamali, ay huli na ang lahat upang makuha pang muli ang basbas. "Wala na siyang nasumpungang pagkakataon ng pagsisisi sa kanyang ama, bagamat pinagsisikapan niyang mapilit na lumuluha." Hebreo 12:16, 17. Si Esau ay hindi nawalan ng pagkakataon upang hanapin ang kaluguran ng Dios sa pamamagitan ng pagsisisi, subalit wala nang ano pa mang paraan upang mabalik sa kanya ang karapatan ng pagkapanganay. Ang kanyang pagkalungkot ay di

nagmula sa tunay na pagkilala sa kasalanan; hindi niya ninais ang pakikipagkasundo sa Dios. Siya ay nalungkot dahilan sa ibinunga ng kanyang kasalanan, subalit hindi dahil sa kasalanan.

Dahilan sa kanyang kawalang-bahala sa mga banal na pagpapala at iniuutos, si Esau ay tinawag sa kasulatang "mapaglapastangan." Talatang 16. Siya ay kumakatawan sa di lubos na pinahahalagahan
[214] ang pagkatubos na isinagawa ni Kristo para sa kanila, at handang isakri- pisyo ang kanilang mana sa langit kapalit ng mga bagay na kumuku- pas sa lupa. Marami ang nabubuhay para sa kasalukuyan, na walang ano mang pag-iisip o pag-iingat para sa hinaharap. Tulad ni Esau sila ay umiyak, humihiyaw, "Magsikain at magsiinom tayo yamang bukas tayo'y mamamatay." 1 Corinto 15:32. Sila ay hawak ng kinahi- hiligan; at sa halip na kasanayan ang pagtanggi sa sarili, ay ipinagpa- palit ang pinakamahalaga sa lahat. Kung may isang dapat iwanan, ang pagbibigay lugod sa isang napakasamang panlasa o ang makalangit na mga pagpapala na ipinangako doon sa mga mapagtanggi sa sarili at may pagkatakot sa Dios, ang kagustuhan ng panglasa ang nananaig, at ang Dios at ang langit ay tunay na hinahamak. Ilan, maging sa mga nag-aangking mga Kristiano, ang nananatili sa mga layaw na nakasisira ng kalusugan at nakamamanhid ng pakiramdam ng kaluluwa. Ang tungkulin sa paglilinis ng kanilang mga sarili mula sa lahat ng karumihan ng laman at ng espiritu, at pagpapasakdal ng kabanalan sa pagkatakot sa Dios, ay nasasaktan. Kanilang nakikita na hindi nila maaaring panatilihin ang mga nakasisirang pagpapalugod sa sarili at magkamit pa rin ng langit, at kanilang ipinapasyang sapagkat ang daan patungo sa buhay na walang hanggan ay gano'n na lamang katuwid, hindi na sila lalakad pa doon.

Marami ang ipinagbibili ng kanilang karapatan sa pagkapanganay sa pagpapalaya sa katawan. Ang kalusugan ay naisasakripisyo, ang kaisipan ay pinahihina, at ang langit ay nababaliwala; at ang lahat para lamang sa isang pawang panandaliang kaligayahan—isang pagbibigay laya na minsanang nakapagpapahina at nakapagpapababa ng pag- katao. Samantalang si Esau ay nagigising sa pagkabatid ng kahanga- lan ng kanyang padalos-dalos na pakikipagpalit nang huli na ang lahat upang maibalik pa ang kanyang naiwala, magiging gano'n din sa araw ng Panginoon doon sa mga ipinagpalit

ang kanilang pagmamana ng langit para lamang sa pagbibigay lugod
sa sarili. [215]

# Kabanata 17—Ang Pagtakas at Pagiging Distiyero ni Jacob

Ang kabanatang ito ay batay sa Genesis 28 hanggang 31.

Sa takot mamatay sa galit ni Esau, si Jacob ay lumabas sa tahanan ng kanyang ama bilang isang takas; subalit dala niya ang basbas ng kanyang ama; muling sinariwa ni Isaac sa kanya ang tipang pangako, at binilinan siya, bilang tagapagmana noon, na humanap ng asawa mula sa angkan ng kanyang ina sa Mesopotamia. Gano'n pa man ay may isang lubhang nagugulumihanang puso si Jacob nang siya ay umalis tungo sa kanyang malungkot na paglalakbay. Dala lamang ang kanyang tungkod sa kanyang kamay siya ay kinakailangang mag- lakbay ng daan-daang milya sa isang bansang tinitirahan ng mga mabangis at mapaglibot na mga tribo. Sa kanyang mataos na pagsisisi at kahihiyan ay sinikap niyang umiwas sa mga tao, baka siya matunton ng kanyang galit na kapatid. Pinangangambahan niya na kanyang naiwala na magpasa walang hanggan ang pagpapalang ninais ipag- kaloob sa kanya ng Dios; at si Satanas ay handa upang maglapat ng mga tukso sa kanya.

Ang gabi ng ikalawang araw ay nasumpungan siyang malayo na sa tolda ng kanyang ama. Nadama niya na siya ay isang taong itinakwil, at alam niya na ang lahat ng kanyang naging suliranin ay hatid ng kanyang pagkakamali. Ang kadiliman ng pagkawala ng pag-asa ay dumadagan sa kanyang kaluluwa, at halos hindi siya makapangahas manalangin. Subalit siya ay lubos na nalulumbay kung kaya nadama niya ang pangangailangan ng pag-iingat ng Dios na kailanman ay di pa niya nadama. Lumuluha at may matinding pagpapakumbaba kanyang inamin ang kanyang pagkakasala, at humiling ng ilang patotoo na siya ay hindi lubos na pinabayaan. Hindi pa rin maka- sumpong ng kaginhawahan ang kanyang bagabag na puso. Wala na siyang ano pa mang tiwala sa kanyang sarili, at siya ay nangangamba na ang Dios ng kanyang mga ama ay itinapon na siya.

Subalit ang Dios ay hindi nagpabaya kay Jacob. Ang Kanyang habag ay pinaaabot pa rin sa Kanyang nagkasala, at di nagtitiwalang lingkod. May kahabagang ipinahayag ng Dios kay Jacob kung ano [216] ang kanyang kailangan—isang Tagapagligtas. Siya ay nagkasala, subalit ang kanyang puso ay napuno ng pagpapasalamat samantalang nakikita niyang inihahayag ang isang daan na sa pamamagitan noon ay maaaring muling maibalik ang kaluguran ng Dios.

Napagod sa kanyang paglalakbay, ang gumagala ay nahiga sa lupa, na may bato na nagsilbing kanyang unan. Samantalang siya ay natutulog siya ay nakakita ng isang hagdan, maliwanag at nagniningning, ang puno niyaon ay nakatungtong sa lupa, samantalang ang dulo ay umaabot sa langit. Sa hagdang ito ang mga anghel ay nagmamanhik manaog; sa itaas noon ay ang Panginoon ng kaluwalhatian, at mula sa mga langit ang Kanyang tinig ay naririnig: "Ako ang Panginoon, ang Dios ni Abraham na iyong ama, at ang Dios ni Isaac." Ang lupain na kanyang hinihigaan bilang isang takas at nagtatago ay ipi- nangako sa kanya at sa kanyang magiging mga anak at may pagpapa- totoong, "Sa iyo at sa iyong binhi ay pagpapalain ang lahat ng ang- kan sa lupa." Ang pangakong ito ay naibigay kay Abraham at kay Isaac, at ngayon ito ay muling sinariwa kay Jacob. At sa isang nata- tanging pagharap sa kanyang pangkasalukuyan lungkot at pagkabalisa, ang mga pananalita ng pag-aliw at pagpapasigla ay binigkas: "Narito't Ako'y sumasa iyo, at iingatan kita saan ka man pumaroon, at pababalikin kita sa lupaing ito sapagkat hindi kita iiwan hanggang hindi Ko magawa ng sinalita Ko sa iyo."

Alam ng Panginoon ang masasamang impluwensyang papalibot kay Jacob, at mga sakunang kalalantaran niya. Sa habag ay inihayag Niya ang hinaharap sa isang nagsising takas, upang kanyang maunawaan ang layunin ng Dios tungkol sa kanya, at mahanda upang labanan ang mga tuksong tiyak na darating sa kanya kapag nag-iisa sa kalagitnaan ng mga sumasamba sa mga diyus-diyusan at mapagpanukala. Sa harap niya ay palaging magkakaroon ng mataas na pamantayan na kinakailangan niyang mithiin; at ang kaalaman na sa pamamagitan niya ang mga layunin ng Dios ay isinasakatuparan, ay palaging mag-uudyok sa kanya upang maging tapat.

Sa pangitaing ito ang panukala ng pagtubos ay ipinahayag, hindi lubos, subalit ang mga bahaging nauukol sa kanya sa panahong iyon. Ang mahiwagang hagdan na ipinakita sa kanya sa panaginip ay

siyang tinutukoy ni Kristo sa kanyang pakikipag-usap kay Nathaniel. Kanyang sinabi, "Makikita ninyong bukas ang langit, at ang mga
[217] anghel ng Dios na nagmamanhik manaog sa ulunan ng Anak ng tao." Juan 1:51. Hanggang sa panahon ng panghihimagsik ng tao laban sa pamamahala ng Dios, ay may malayang ugnayan sa pagitan ng Dios at ng tao. Subalit ang kasalanan ni Adan at ni Eva ay nagpahiwalay sa lupa mula sa langit, kung kaya't ang tao ay hindi na maaaring makipag-ugnayan sa kanyang Manlalalang. Gano'n pa man ang sanlibutan ay di iniwan sa malungkot na kawalan ng pag-asa. Ang hagdan ay kumakatawan kay Jesus, ang itinalagang tagapamagitan sa ugnayan. Kung hindi niya ginawan ng tulay sa pamamagitan ng kanyang kabutihan ang malaking look na ginawa ng kasalanan, ang mga naglilingkod na mga anghel ay maaaring hindi nagkaroon ng pakikipag-ugnayan sa mga taong nagkasala. Ang tao sa kanyang kahinaan at kawalang kakayanan ay iniuugnay ni Kristo sa pinagmumu- lan ng walang hanggang kapangyarihan.

Ang lahat ng ito ay inihayag kay Jacob sa kanyang panaginip. Bagaman kaagad nahagip ng kanyang pag-iisip ang isang bahagi ng ipinahahayag, ang dakila at mahiwagang mga katotohanan noon ay naging aralin sa kanyang buong buhay, at higit at higit na nabuksan sa kanyang pang-unawa.

Si Jacob ay nagising sa kanyang pagkatulog sa malalim na katahimikan ng gabi. Ang mga maningning na mga anyo sa kanyang pangitain ay wala na. Ang madilim na guhit ng malungkot na mga gulod at sa itaas nila ay ang mga nagniningning na mga bituin, ngayon ang kanyang nakikita. Subalit siya ay may banal na pagkadama na ang Dios ay kasama niya. Isang di nakikitang pakikiharap ang pumupuno sa katahimikan. "Tunay na ang Panginoon ay nasa dakong ito," ang wika niya, "at hindi ko nalalaman.... Ito'y hindi iba kundi bahay ng Dios, at ito ang pintuan ng langit."

"At si Jacob ay bumangong maaga ng kinaumagahan, at kinuha ang batong kanyang inilagay sa ulunan niya, at kanyang itinayo na pinakaalaala, at kanyang binuhusan ng langis sa ibabaw." Sang-ayon sa kinaugaliang pag-alala sa mahahalagang pangyayari, si Jacob ay nagtayo ng isang alaala sa kaawaan ng Dios, upang sa tuwing siya ay mapapadaan doon siya ay maaaring tumigil sa banal na dakong ito upang sumamba sa Panginoon. At ang lugar na iyon ay tinawag niyang Betel, o "bahay ng Dios." Taglay ang lubos na

pagpapasalamat kanyang inulit ang pangako na ang pakikiharap ng Dios ay sasa kanya; at siya ay nagsagawa ng isang banal na panata, "Kung sasa akin ang Dios, at ako'y iingatan sa daang ito na aking nilalakaran, at ako'y bibigyan ng tinapay na makakain, at damit na [218]
maisusuot, na ano pa't ako'y makabalik na payapa sa bahay ng aking ama; ay ang Panginoon nga ang magiging aking Dios, at ang batong ito na aking itinayo na pinakaalaala ay magiging bahay ng Dios; at sa lahat ng ibigay Mo sa akin ay walang pagsalang ang ikasampung bahagi ay ibibigay ko sa Iyo."

Si Jacob ay hindi dito nakikipagkasundo sa Dios. Ang Panginoon ay nangako na sa kanya ng kasaganahan, at ang panatang ito ay bunga ng isang pusong punong-puno ng pagpapasalamat sa katiyakan ng pag-ibig at kaawaan ng Dios. Nadama ni Jacob na mayroon siyang pananagutan sa Dios na kinakailangan niyang kilalanin, at ang mga natatanging kaloob ng kabutihan ng Dios sa kanya ay kinakailangang matugunan. Gano'n din ang bawat pagpapala na ipinag- kakaloob sa atin ay nangangailangan ng isang tugon para sa May- akda ng lahat ng ating biyaya. Kinakailangang madalas balikan ng isang Kristiano ang nakalipas niyang buhay at alalahaning may pagpapasalamat ang mahalagang pagliligtas na ginawa ng Dios para sa kanya, pagtulong sa kanya sa panahon ng pagsubok, pagbubukas para sa kanya ng mga daan sa panahong ang lahat ay tila madilim at hindi nagpapahintulot, nagpapasigla sa kanya sa panahong siya ay malapit ng manlupaypay. Kinakailangang kilalanin niya ang lahat ng mga iyon bilang katibayan ng pag-iingat ng makalangit na mga anghel. Sa harap ng lahat ng mga biyayang ito ay kinakailangang itanong niyang malimit, na may masupil at nagpapasalamat na puso, "Ano ang aking ibabayad sa Panginoon dahil sa lahat niyang kabutihan sa akin?" Awit 116:12.

Ang ating mga panahon, talento, ari-arian, ay kinakailangang banal na maitalaga sa Kanya na nagbigay sa atin ng mga biyayang ito bilang mga katiwala. Sa tuwing ang isang natatanging pagliligtas ay ginawa para sa atin, o may bago o di inaasahang mga kabutihan na ipi-nagkaloob sa atin, kinakailangang kilalanin natin ang kabutihan ng Dios, hindi lamang sa pamamagitan ng mga salita, kundi, tulad ni Jacob, sa pamamagitan ng mga kaloob at handog para sa Kanyang gawain. Samantalang patuloy nating tinatanggap

ang mga pagpapala ng Dios, gano'n din naman kinakailangang tayo ay patuloy na nagbibigay.

"Sa lahat ng ibibigay Mo sa akin," sabi ni Jacob, "ay walang
[219] pagsalang ang ika-sampung bahagi ay ibibigay ko sa Iyo." Tayo ba na
[220] nagagalak sa ganap na liwanag at mga karapatan ng ebanghelyo ay
masisiyahang magkakaloob ng mas kaunti sa Dios kaysa sa ibinigay
[221] noong namuhay noong una, at hindi higit na nabiyayaang panahon?
Hindi, samantalang ang ating mga pagpapala ay higit, hindi ba gano'n ding nakahihigit ang ating pananagutan? Subalit gaano kaliit ang pag-titiyaga; gaano kawalang kabuluhan ang pagsisikap na masukat sa pamamagitan ng mga batas ng matematika, panahon, salapi, at pag-ibig, ang isang pag-ibig na di nasusukat at isang kaloob na ang halaga ay hindi malirip. Mga ikapu para kay Kristo! O anong napakaliit na sustento, at nakakahiyang pangpalit sa bagay na napaka halaga! Mula sa krus ng kalbaryo, si Kristo ay nananawagan para sa ganap na pagtatalaga. Lahat ng sa atin, lahat ng kung ano tayo, ay kinakailangang maitalaga sa Dios.

Taglay ang isang bago at nananahang pananampalataya sa banal na mga pangako, at nakatitiyak sa pakikiharap at pag-iingat ng mga anghel na makalangit, si Jacob ay nagpatuloy sa kanyang paglalakbay tungo sa "lupain ng mga anak ng Silanganan." Genesis 29:1. Subalit anong laking kaibahan ng kanyang pagdating sa pagdating ng sugo ni Abraham halos isang daang taon na ang nakalilipas! Ang sugo ay dumating kasama ng mga tauhang sakay sa mga kamelyo, at maraming mga kaloob na ginto at pilak; ang anak ay nag-iisa, namamaga ang paang manlalakbay, walang ano mang ari-arian liban sa kanyang tungkod. Tulad sa lingkod ni Abraham, si Jacob ay tumigil sa tabi ng isang balon, at dito niya nakatagpo si Raquel, ang nakababatang anak na babae ni Laban. Si Jacob ngayon ang nagkaloob ng paglilingkod, inalis ang bato mula sa balon at pinainom ang mga kawan. Sa pagpapakilala ng kanyang angkan, siya ay pinatuloy sa tahanan ni Laban. Bagaman siya ay dumating na walang ano mang dala at kasama, ang ilang linggo ng pananatili ay nagpahayag ng kahalagahan ng kanyang kasipagan at kaalaman, at siya ay pinakiusapang manatili. Nagkaroon ng kasunduang siya ay maglilingkod para kay Laban sa loob ng pitong taon para sa kamay ni Raquel.

Noong mga panahong una ang kakasaling lalaki ay kinakailangang, bago mapagtibay ang kasal, ay magbayad ng isang halaga ng salapi o katumbas noon na ari-arian, batay sa kalagayan, sa ama ng kanyang asawa. Ito ay itinuturing bilang paggalang sa relasyon ng nag-aasawa. Hindi iniisip ng mga ama ang ipagkatiwala ang kaligayahan ng kanilang anak sa mga lalaking walang maipagkakaloob upang tumustos sa pangangailangan ng kanilang pamilya. Kung sila [222]
ay walang sapat na pagtitipid at lakas upang mangasiwa ng hanapbuhay at magkaroon ng mga hayop o lupain, pinangangambahan na ang kanilang buhay ay walang kabuluhan. Subalit mayroon ding paraang nakalaan para doon sa mga walang maibayad para sa asawa. Sila ay pinahihin- tulutang maglingkod sa ama ng anak na babae na kanilang minama- hal, ang haba ng panahon ay itinatakda batay sa halaga ng kinakailangang kabayarang dote. Kapag ang manliligaw ay napatunayang tapat sa kanyang paglilingkod, kinakamtan niya ang anak na babae bilang kanyang asawa; at kalimitan ang doteng tinanggap ng ama ay ibinibigay sa anak na babae sa araw ng kanyang kasal. Sa kasaysayan ni Raquel at ni Lea, gayon man, ay hindi ibinigay ni Laban ang dote na sana'y ibinigay sa kanila; kanilang binanggit nang kanilang sabihin, bago sila umalis sa Mesopotamia, "Ipinagbili niya kami at kanyang lubos nang kinain ang aming halaga."

Ang kaugaliang iyon noong una, bagaman minsan ay inaabuso, gaya ng ginawa ni Laban, ay nagbunga ng mabuti. Kapag ang manliligaw ay kinakailangang maglingkod upang makamtam ang kanyang magiging asawa, ang madaliang pag-aasawa ay naiiwasan, at nagkakaroon ng pagkakataon upang masubok ang lalim ng kanyang pagmamahal, gano'n din ang kanyang kakayanan upang tumustos ng pamilya. Sa ating kapanahunan maraming kasamaan ang ibinubunga ng paglihis sa gano'ng paraan. Malimit nangyayari na iyong ikakasal ay hindi nagkaroon ng pagkakataon upang lubos na malaman ang likas at hilig ng isa't isa, at, tungkol sa pang-arawaraw na kabuhayan, sila ay pawang kakaiba sa isa't isa sa kanilang pag-iisang dibdib sa harap ng altar. Marami ang nasusumpungang, huli na ang lahat, na sila ay hindi bagay sa isa't isa, at ang resulta ng kanilang pag-iisang dibdib ay panghabangbuhay na kapighatian. Malimit ang asawang babae at mga anak ay nagdudusa sa katamaran at kakulangan o bisyo ng asawang lalaki at ama. Kung ang pagkatao

ng manliligaw ay nasubok bago nakasal, ayon sa kinaugalian noong una, malaking kalungkutan ang sana'y naiwasan.

Pitong taon ng matapat na paglilingkod ang ipinagkaloob ni Jacob para kay Raquel, at ang mga taon na kanyang ipinaglingkod "sa kanya'y naging parang ilang araw, dahil sa pag-ibig na taglay niya sa kanya." Subalit ang makasarili at mapagsamantalang si Laban, sa pagnanasang papanatiliin ang isang napakahalagang katulong, ay
[223] nag- sagawa ng isang malupit na pandaraya sa pagpapalit kay Lea at kay Raquel. Ang katotohanang si Lea ay kabahagi ng pandaraya, ay naging sanhi upang madama niya na siya ay hindi niya maiibig. Ang kanyang galit na sumbat kay Laban ay sinalubong ng pag-aalok ng paglilingkod ng isa pang pitong taon para kay Raquel. Subalit ipinilit ng ama na si Lea ay di dapat isauli sapagkat iyon ay maghahatid ng kahihiyan sa sambahayan. Sa gano'ng paraan si Jacob ay nalagay sa isang napakasakit at sinusubok na kalagayan; sa huli ay ipinasya niyang panatilihin si Lea at pakasalan si Raquel. Si Raquel ang sa simula pa man ay pinakamamahal; subalit ang kanyang higit na pagmamahal sa kanya ay pumukaw ng inggit at paninibugho, at ang kanyang buhay ay pinapait ng alitan ng magkapatid na pawang asawa niya.

Sa loob ng dalawampung taon si Jacob ay nanatili sa Mesopotamia, sa paglilingkod kay Laban, na, sa pagwawalang halaga sa kanilang pagiging magkamag-anak, ay nakahilig sa pagkamit ng lahat ng pakinabang sa kanilang pagsasama. Labing apat na taon ang kanyang hiniling para sa dalawa niyang anak; at sa loob ng mga nahuhuling mga taon, ang upa ni Jacob ay sampung beses binago. Gano'n pa man ang paglilingkod ni Jacob ay masikap at tapat. Ang kanyang mga salita kay Laban sa huli nilang pagtatagpo ay malinaw na nagha- hayag ng kanyang walang kapagurang kasipagan na kanyang ipinagkaloob sa kapakanan ng kanyang malupit na pinaglilingkuran: "Ako'y natira sa iyo nitong dalawampung taon; ang iyong mga babaing tupa, at ang iyong mga babaing kambing ay hindi nawalan ng kanilang mga anak, at ang mga tupang lalaki ng iyong kawan ay hindi ko kinain. Ang nilapa ng mga ganid ay hindi ko dinala sa iyo; ako ang nagbata ng kawalan; sa aking kamay mo hiningi, maging nanakaw sa araw, o nanakaw sa gabi. Ganito nakaraan ako; sa araw ay pinupugnaw ako ng init, at ng lamig sa gabi; at ang pag-aantok ay tumatakas sa aking mga mata."

Kinailangan noong bantayan ng mga pastol ang kanilang kawan sa araw at sa gabi. Sila ay nasa panganib ng mga magnanakaw, at sa mababangis na mga hayop, na marami at mapangahas, at ma-limit ay gumagambala sa mga kawan na hindi lubos na nababanta-yan. Si Jacob ay maraming katulong sa pag-aalaga sa maraming kawan ni Laban, subalit siya mismo ang nananagot sa lahat ng iyon. Sa ilang panahon siya ang kinakailangang sumama sa mga kawan, upang ingatan sila sa panahon ng tagtuyo sa pagkamatay sa uhaw. [224]

Kung ang alin man sa mga tupa ay nawawala, ang punong pastol ang nanagot sa pagkawala; - at kanyang tinatawagan ng pinagkatiwalaan ng pag-aalaga sa kawan upang magkaroon ng masusing pagbibilang kung iyon ay masumpungang hindi lumalago.

Ang buhay ng pastol sa kanyang pagiging masikap at mapagalaga at ang kanyang mapagmahal na pagkahahabag sa mga walang kakayanang mga nilikha na ipinagkatiwala sa kanila, ay ginamit ng mga kinasihang mga manunulat upang ilarawan ang ilan sa pinakamahalagang katotohanan ng ebanghelyo. Si Kristo, sa Kanyang kaugnayan sa Kanyang bayan, ay inihalintulad sa isang pastol. Makalipas maganap ang Pagkahulog nakita niyang ang Kanyang tupa ay mangamamatay sa madilim na mga daan ng kasalanan. Upang mailigtas ang naglalagalag na mga ito ay Kanyang iniwan ang mga karangalan at kaluwalhatian ng tahanan ng Kanyang Ama. Wika Niya, "Aking hahanapin ang nawala, at ibabalik ang iniligaw, at tatalian ang nabalian, at palalakasin ang may sakit." Aking "ililigtas ang Aking kawan, at hindi na sila magiging samsam." "O lalamunin man sila ng hayop sa lupa." Ezekiel 34:16, 22, 28. Ang Kanyang tinig ay maririnig na tumatawag sa kanila sa Kanyang kawan, "lilim sa kaarawan laban sa init, at upang maging kanlungan at kublihan sa bagyo at sa ulan" Isaias 4:6. Ang Kanyang pangangalaga sa Kanyang kawan ay walang kapaguran. Kanyang pinalalakas ang mahina, pinagiginhawa ang naghihirap, tinitipon ang mga tupa sa Kanyang bisig, at binubuhat sila sa Kanyang sinapupunan. Mahal Siya ng Kanyang mga tupa. "At sa iba'y hindi sila magsisisunod, kundi magsisitakas sa kanya: sapagkat hindi nila nakikilala ang tinig ng mga iba." Juan 10:5.

Ang sabi ni Kristo, "Ibinigay ng mabuting pastor ang kanyang buhay dahil sa mga tupa. Ang nagpapaupa, at hindi ang pastor, na hindi may-ari ng mga tupa, ay nakikitang dumarating ang lobo, at

pinababayaan ang mga tupa, at tumatakas, at inaagaw sila ng lobo, at pinapangangalat: siya'y tumatakas sapagkat siya'y upahan, at hindi ipinagmamalasakit ang mga tupa. Ako ang Mabuting Pastor; at nakikilala Ko ang sariling Akin, at ang sariling Akin ay nakikilala Ako." Talatang 11-14.

Si Kristo, ang Punong Pastor, ay ipinagkatiwala ang pangangalaga ng Kanyang kawan sa Kanyang mga katulong na pastor; at inuutsan Niya silang magkaroon din ng ganoong pangangalaga tulad ng pangangalaga Niya, at madama ang banal na pananagutang
[225] ipinagkati- wala sa kanila. May kabanalan Niyang inuutusan sila upang maging tapat, upang pakanin ang kawan, palakasin ang mahina, pasiglahin ang nanghihina, at kublihan sila mula sa mga naninilang mga lobo.

Upang mailigtas ang Kanyang mga tupa, ay inialay ni Kristo ang sarili Niyang buhay; at itinuturo Niya ang Kanyang mga pastor sa gano'ng pag-ibig na naihayag, bilang kanilang halimbawa. Subalit "ang nagpapaupa,... na hindi may-ari ng mga tupa," ay walang tunay na pagmamalasakit sa kawan. Siya ay gumagawa upang kumita lamang, at siya ay nangangalaga lamang sa kanyang sarili. Pinag-aaralan niya ang sarili niyang kikitain sa halip na ang pinagmamalasakitang ipinagkatiwala sa kanya; at sa panahon ng panganib o sakuna siya ay tumatakas at iniiwan ang kawan.

Pinagsabihan ni apostol Pedro ang mga katulong na pastor: "Pangalagaan ninyo ang kawan ng Dios na nasa inyo, na magsigamit kayo ng pagpupuno, na hindi sapilitan, kundi may kasayahan, na ayon sa kalooban ng Dios; ni hindi dahil sa mahalay na kapakinabangan, kundi sa handang pag-iisip; ni hindi naman gaya ng kayo'y may pagkapanginoon sa pinangangasiwaang ipinagtagubilin sa inyo, kundi kayo'y maging mga uliran ng kawan." 1 Pedro 5:2, 3. Ang sabi ni Pablo, "Ingatan ninyo ang inyong sarili, at ang buong kawan, na sa kanila'y ginawa kayo ng Espiritu Santo na mga obispo, upang pakanin ninyo ang iglesia ng Panginoon na binili niya ng Kanyang sariling dugo. Aking talastas na pag-alis ko ay magsisipasok sa inyo ang mga ganid na lobo, na hindi mangagpapatawad sa kawan." Gawa 20:28, 29.

Lahat ng umaagaw sa pangangalaga at pasanin ng pagiging isang matapat na pastor, ay sinusumbatan ng apostol: "Hindi sapilitan, kundi may kasiyahan, na ayon sa kalooban ng Dios; ni hindi dahil sa

mahalay na kapakinabangan, kundi sa handang pag-iisip." 1 Pedro 5:2. Ang lahat ng gano'ng di tapat na mga lingkod ay malugod na paaalisin ng punong pastor. Ang iglesia ni Kristo ay binili ng Kanyang dugo, at kinakailangang mabatid ng lahat ng pastor na ang mga tupang kanilang inaalagaan ay nagkakahalaga ng walang hanggang sakripisyo. Kinakailangang ituring niya ang bawat isa na walang katumbas ang halaga, at kinakailangang di nanlulupaypay sa kanilang pagsisikap upang sila'y maingatang malulusog, at nasa kala- gayang lumalago. Ang pastor na puspos ng espiritu ni Kristo
ay tutulad sa kanyang halimbawa ng pagiging mapagtanggi sa sarili, [226]
samantalang patuloy na gumagawa para sa kapakanan ng kanyang inaalagaan; at ang kawan ay lalago sa ilalim ng kanyang pangangalaga.

Ang lahat ay haharap upang magbigay ng masusing pag-uulat tungkol sa kanilang paglilingkod. Ang bawat pastor ay tatanungin ng Panginoon, "Saan nandoon ang kawan na ibinigay sa iyo, ang iyong magandang kawan?" Jeremias 13:20. Ang masumpungang nagtatapat, ay tatanggap ng isang mahalagang gantimpala. "At pagkahayag ng Pangulong Pastor," ang sabi ng apostol, "ay magsisitanggap kayo ng di nasisirang putong ng kaluwalhatian." 1 Pedro 5:4.

Noong si Jacob, sa kapaguran sa paglilingkod kay Laban, ay nagpapaalam upang makauwi sa Canaan, ang sabi niya sa kanyang biyanang lalaki, "Papagpaalamin mo ako upang ako'y makaparoon sa aking dakong tinubuan at sa aking lupain. Ibigay mo sa akin ang aking mga asawa at ang aking mga anak, na siyang kadahilanan ng ipinaglingkod ko sa iyo, at papagpaalamin mo ako: sapagkat talastas mo ang paglilingkod na ipinaglingkod ko sa iyo." Subalit si Laban ay nakiusap sa kanyang manatili, na nagsasabi, "aking napagkilala, na pinagpala ako ng Panginoon dahil sa iyo." Kanyang nakita na ang kanyang ari-arian ay lumalago sa ilalim ng pangangalaga ng kanyang manugang.

Sabi ni Jacob, "Kakaunti ang tinatangkilik mo bago ako dumating, at naging isang karamihan." "Subalit sa paglipas ng panahon, si Laban ay nagkaroon ng inggit sa higit na pag-unlad ni Jacob, na lumagong mainam; at nagkaroon ng malalaking kawan at ng mga aliping babae at lalaki, at ng mga kamelyo at ng mga asno." Ang mga anak ni Laban ay nagkaroon din ng ganoong inggit na gaya ng sa kanilang ama, at ang kanilang mahalay na pananalita ay nakarating

kay Jacob: Kanyang "kinuha ang lahat ng sa ating ama, at doon sa mga sa ating ama ay tinamo niya ang buong karangalang ito. At minasdan ni Jacob ang mukha ni Laban, at narito't hindi sumasa kanyang gaya ng dati."

Matagal na sanang iniwan ni Jacob ang mga mandaraya niyang mga kamag-anak kung hindi lang dahil sa takot niya kay Esau. Ngayon ay kanyang nadama na siya ay nanganganib sa mga anak ni Laban, na, tumitingin sa kanyang kayamanan bilang kanila, ay maaaring gumawa ng paraan upang makuha iyon sa pamamagitan ng dahas. Siya'y nasa malaking kaguluhan at pagkalito, hindi mala-
[227] man kung saan siya tutungo. Subalit sa paggunita sa mahabaging pangako sa Betel, kanyang dinala ang kanyang kalagayan sa Dios, at humingi ng patnubay mula sa Kanya. Sa isang panaginip ang kanyang dalangin ay tinugon: "Magbalik ka sa lupain ng iyong mga magulang, at sa iyong kamag-anakan; at Ako'y sasaiyo."

Nagkaroon ng pagkakataong makaalis samantalang si Laban ay wala. Ang mga tupa at baka ay mabilis na tinipon, pinalakad at pinasulong, at kasama ang kanyang mga asawa, mga anak, at mga katulong, si Jacob ay tumawid sa ilog Eufrates, at nagmamadaling nagtungo sa bundok ng Gilead, na nasa mga hangganan ng Canaan. Makalipas ang tatlong araw ay nalaman ni Laban ang kanilang pag- takas, sila ay hinabol, at sila'y inabutan sa ikapitong araw ng kanilang paglalakbay. Nag-aapoy ang kanyang galit, at nakahanda upang sila ay piliting bumalik, na nakatitiyak na iyon ay kanyang magagawa, sapagkat ang kanyang grupo ay higit na malakas. Tunay na ang mga tumatakas ay nasa isang malaking panganib.

Ang hindi niya pagsasakatuparan ng binabalak niyang gawin ay dahil sa ang Dios mismo ay namamagitan para sa ikaliligtas ng Kanyang lingkod. "Nasa kapangyarihan ng aking kamay ang gawan ko kayo ng masama," ang sabi ni Laban, "ngunit ang Dios ng inyong ama ay kinausap ako kagabi, na sinasabi, Ingatan mong huwag kang magsalita kay Jacob ng mabuti o masama man;" ibig sabihin, na hindi niya dapat piliting siya ay bumalik, ni hindi niya siya dapat pakiusapan sa pamamagitan ng anumang iaalok na pang-akit.

Hindi ibinigay ni Laban ang dote ng kanyang mga anak na babae at mula noon ay pinakitunguhan si Jacob ng kalupitan at pandaraya; subalit sa anyong may hinanakit kanya ngayong sinusumbatan siya sa kanyang lihim na pag-aalis, ano pa't ang ama ay hindi na nagka-

roon ng pagkakataon upang makapaghanda o makapagpaalam man lamang sa kanyang mga anak na babae at kanilang mga anak.

Bilang tugon malinaw na inihayag ni Jacob ang patakaran ni Laban na makasarili at mapag-angkin, at nakiusap sa kanya bilang saksi sa sarili niyang katapatan at pagtatapat. "Kung hindi sumaakin ang Dios ng aking ama, ang Dios ni Abraham, at ang katakutan ni Isaac," ang sabi ni Jacob "ay walang pagsalang palalayasin mo ako ngayong walang dala. Nakita ng Dios ang aking kapighatian, ang kapaguran ng aking mga kamay, at sinaway ka niya kagabi."

Hindi matanggihan ni Laban ang mga katotohanang inihayag, at [228]
siya ngayon ay nagmungkahing sila-sila ay magkaroon ng tipanan ukol sa kapayapaan. Si Jacob ay sumang-ayon sa mungkahi, at isang bunton ng mga bato ang itinayo bilang tanda ng kasunduan. Sa bunton ng mga batong ito ay ibinigay ni Laban ang pangalang Mizpa, "bantayan," na nagsasabing, "Bantayan ng Panginoon ako at ikaw, pag nagkakahiwalay tayo."

"At sinabi ni Laban kay Jacob, Narito, ang buntong ito at ang batong pinakaala-alang ito, na aking inilagay sa gitna natin. Maging saksi ang buntong ito, at saksi ang batong ito, na hindi ko lalagpasan ang buntong ito sa dako man, at hindi mo lalagpasan ang buntong ito at ang batong pinakaala-alang ito sa pagpapahamak sa amin. Ang Dios ni Abraham at ang Dios ni Nahor, ang Dios ng ama nila ay siyang humatol sa atin. At si Jacob ay sumumpa ng ayon sa katakutan ng kanyang amang si Isaac." Upang mapagtibay ang kasunduan, ang dalawang panig ay nagsagawa ng isang piging. Ang gabing iyon ay ginugol sa isang magiliw na pag-uugnayan; at sa pagbubukang liwayway, si Laban at ang kanyang mga kasamahan ay umalis. Sa paghihiwalay na ito ay natigil ang lahat ng bakas ng relasyon sa pagitan ng mga anak ni Abraham at ng mga naninirahan sa Mesopotamia. [229]

## Kabanata 18—Ang Gabi ng Pakikipagbuno

Ang kabanatang ito ay batay sa Genesis 32 at 33.

Bagaman si Jacob ay umalis sa Padan-aram sa pagsunod sa utos ng Dios, hindi nawalan ng pag-aalala na kanyang tinunton ang daan na kanyang dinaanan bilang isang takas dalawampung taon na ang nakalilipas. Ang kanyang kasalanan sa pandaraya sa kanyang ama ay nanatili sa kanyang harapan. Alam niya na ang matagal na pagkakatira niya sa malayo ay bunga ng kasalanang iyon, at pinag-iisipan niya ang mga bagay na ito araw at gabi, ang mga panunumbat ng mapagparatang na budhi, at ginagawang napakalungkot ang kanyang paglalakbay. Samantalang ang mga gulod ng kanyang lupang sinilangan ay kanya nang natatanaw, ang puso ng patriarka ay lubos na nakilos. Ang lahat ng nakalipas ay malinaw na nagbalik sa kanya. Kaugnay ng pag-alaala sa kanyang kasalanan ay dumating din ang kaisipan tungkol sa pagkalugod ng Dios sa kanya, at ang mga pangako ng tulong at pagpatnubay ng Dios.

Samantalang siya ay lumapit sa kahahantungan ng kanyang paglalakbay, ang pag-iisip tungkol kay Esau ay naghatid ng maraming pag-aalala. Noong si Jacob ay lumikas, itinuring na ni Esau ang kanyang sarili bilang nag-iisang tagapagmana ng mga ari-arian ng kanilang ama. Ang balita tungkol sa pagbabalik ni Jacob ay maaaring pumukaw sa pangamba na siya ay nagbabalik upang angkinin ang mana. Magagawa na ni Esau na saktan ang kanyang kapatid, kung kanyang gagawin, at maaaring siya ay makilos laban sa kanya, di lamang sa pagnanais na makapaghiganti, kundi upang ano mang hadlang sa pagmamay-ari ng lahat ng kayamanan na matagal na niyang itinuring na kanya.

Sa muli ang Panginoon ay nagbigay kay Jacob ng isang tanda ng pag-iingat ng Dios. Samantalang siya ay naglalakbay patungong timog mula sa bundok ng Galaad, dalawang hukbo ng mga anghel ng langit ang tila pumapalibot sa kanyang likuran at harapan, sumusulong na kasama ng kanyang grupo, tila upang sila ay maingatan.

Naalaala ni Jacob ang pangitain sa Betel matagal nang panahon ang nakalilipas, at ang kanyang nabibigatang puso ay nagaanan sa [230] katunayang ito na ang mga sugo ng langit upang maghatid sa kanya ng pag-asa at lakas ng loob sa kanyang pag-alis mula sa Canaan ay siya ring magiging tagapag-ingat niya sa kanyang pagbabalik. At kanyang sinabi, "Ito'y hukbo ng Dios: at tinawag niya ang pangalan ng dakong yaon na Mahanaim"—"dalawang hukbo, o kampo."

Subalit si Jacob ay nakadarama na mayroon siyang dapat gawin para sa sarili niyang ikaliligtas. Kung kaya siya ay nagsugo ng mga lingkod upang maghatid ng pagbati ng isang pakikipagkasundo sa kanyang kapatid. Tinagubilinan niya sila ng tiyak na salitang bibigkasin kay Esau. Nagkaroon ng hula noon bago pa isilang ang magkapatid na ang matanda ay maglilingkod sa bata, at, dahilan sa ang pag-alaala nito ay baka maging sanhi ng galit, tinagubilinan ni Jacob ang kanyang mga lingkod na sila ay sinugo sa "aking panginoong si Esau;" kapag dinala sa harap niya, kinakailangang banggitin nila ang kanilang panginoon bilang "iyong alipin na si Jacob;" at upang alisin ang pangamba na siya ay nagbabalik na isang lagalag, upang angkinin ang kanyang mana sa mga magulang, si Jacob ay naging maingat sa pagsasabi sa kanyang pahayag, "Mayroon akong mga baka, at mga asno, at mga kawan, at mga aliping lalaki at babae: at ako'y nagpasugo upang magbigay alam sa aking panginoon, upang makasumpong ng biyaya sa iyong paningin."

Subalit ang mga lingkod ay nagbalik na may balitang si Esau ay dumarating na may kasamang apat na raang mga lalaki at walang dalang tugon sa ipinahatid na mensahe. Nagmukhang tiyak na siya ay dumarating upang maghiganti. Ang kampamento ay napuno ng takot. "Natakot na mainam si Jacob at nahapis." Hindi siya ma- kababalik, at siya ay natatakot magpatuloy. Ang kanyang mga kasama, walang armas at ano mang pangtanggol sa sarili, ay ganap na hindi handa upang humarap sa mga kalaban. Dahil dito ay hinati niya ang kanyang mga kasama sa dalawang grupo, upang kung ang isa ay lulusubin, ang isa ay maaaring magkaroon ng pagkakataon upang tumakas. Nagpadala siya mula sa kanyang maraming mga hayop ng maraming kaloob para kay Esau, na may pahayag ng pakikipagkaibigan. Ginawa niya ang lahat niyang magagawa upang mapatawad sa kamaliang ginawa niya sa kanyang kapatid at upang baguhin ang pinangangambahang panganib, at taglay ang pagpapakumbaba at

[231] pagsisisi siya ay humiling ng tulong sa Dios: Kayo ay "nagsabi sa akin, Magbalik ka sa iyong lupain at sa iyong kamag-anakan, at gagawan Kita ng magaling: hindi ako marapat sa kababaan ng lahat ng kaawaan, at ng buong katotohanan na iyong ipinakita sa iyong lingkod: sapagkat dala ko ang aking tungkod, na dinaanan ko ang Jordang ito; at ngayo'y naging dalawang pulutong ako. Iligtas Mo ako, ipinamamanhik Ko sa Iyo, sa kamay ng aking kapatid, sa kamay ni Esau: sapagkat ako'y natatakot sa kanya, baka siya'y dumating at ako'y saktan niya, ang ina pati ng mga anak."

Sila ngayon ay nakarating na sa ilog ng Jaboc, at samantalang ang gabi ay sumasapit, ay pinatawid ni Jacob ang kanyang sambahayan sa kabila ng tawiran sa ilog, at siya ay nagpaiwang mag-isa. Siya ay nagpasiyang kanyang gugugulin ang gabi sa pananalangin, at ninais niyang siya ay mag-isang makasama ng Dios. Magagawa ng Dios ang palambutin ang puso ni Esau. Nasa Kanya ang tanging pag-asa ng patriarka.

Yaon ay isang malungkot na bulubunduking lugar, pinaglalagalagan ng mga mababangis na hayop at taguan ng mga magnanakaw at mga mamamatay tao. Mag-isa at di nakakanlungan, si Jacob ay yumukod sa lupa sa isang matinding pag-aalala. Noon ay hating gabi. Lahat ng nagpapahalaga ng buhay sa kanya ay nasa malayo, lantad sa panganib at kamatayan. Ang pinakamapait sa lahat ay ang isiping ang sarili niyang kasalanan ang naghatid ng panganib na iyon sa mga walang sala. May taimtim na pag-iyak at pagluha siya ay nanalangin sa Dios. Bigla na lamang isang malakas na kamay ang humawak sa kanya. Akala niya ay may isang kaaway na nais kunin ang kanyang buhay, at nakipagbuno siya upang makalaya sa pagkakahawak ng nananakit. Ang dalawa ay nagbuno sa kadiliman. Walang ano mang salita ang nabigkas, subalit ibinuhos ni Jacob ang buo niyang lakas, at hindi nagpahinga kahit isang sandali. Samantalang siya ay nasa gano'ng pakikipagpunyagi para sa kanyang buhay, ang pagkadama ng kanyang kasalanan ay naging matindi para sa kanya; ang kanyang mga kasalanan ay bumangon sa harapan niya upang ikubli siya mula sa Dios. Subalit sa kanyang kakilakilabot na hangganan ay kanyang naalaala ang mga pangako ng Dios, at ang kanyang buong puso ay nakiusap para sa Kanyang habag. Ang pakikipagbuno ay nagpatuloy hanggang magbubukang liwayway, nang ilagay ng di kilalang kapun- yagi ang kanyang daliri

sa hita ni Jacob, at siya ay biglang napilay. Nabatid ng patriarka ang likas ng kanyang kapunyagi. Nabatid niya na siya ay nakikipag- [232] punyagi sa isang sugo ng langit, at ito ang dahilan kung bakit ang halos higit pa sa lakas ng taong pagsisikap niya ay hindi manaig. Iyon ay si Kristo, "ang Anghel ng tipan," ang napakita kay Jacob. Ang patriarka ay napilay at lubos na nasaktan, subalit hindi niya luluwagan ang kanyang pagkakapit, lubhang nagsisisi at nasaktan; "siya'y tumangis at namanhik" (Oseas 12:4), samantalang humihingi ng basbas. Kinakailangan niya ng katiyakan na ang kasalanan ay pinatawad. Ang nararamdaman ng kanyang katawan ay hindi makapag-aalis ng kanyang isip sa layuning ito. Naging higit na masidhi ang kanyang kapasyahan, ang kanyang pananampalataya ay naging higit na taimtim at mapagpunyagi, hanggang sa wakas. Sinikap ng anghel na makaalis; Kanyang ipinakiusap, "Bitiwan mo ako, sapagkat nagbubukang liwayway na;" subalit si Jacob ay tumugon, "Hindi kita bibitiwan hanggang hindi mo ako mabasbasan." Kung iyon ay isang pagmamalaki, at di angkop na pagtitiwala sa sarili, si Jacob ay kaagad napatay; subalit nasa kanya ang katiyakan ng isang naghaha- yag ng kanyang pagiging di karapat-dapat, gano'n pa man ay nagtiti- wala sa katapatan ng isang Dios na nag-iingat ng tipan.

Si Jacob ay "nagtaglay ng kapangyarihan sa anghel, at nanaig." Oseas 12:4. Sa pamamagitan ng pagpapakumbaba, pagsisisi, at pagsusuko ng sarili, ang makasalanan, at nagkakamaling ito ay nanaig sa Panginoon ng langit. Kanyang hinigpitan ang nanginginig niyang pagkakapit sa mga pangako ng Dios, at ang puso ng walang hanggang pag-ibig ay hindi matatalikuran ang pakiusap ng makasalanan.

Ang pagkakamaling naghatid ng kasalanan ni Jacob sa pagkakamit ng karapatan ng pagkapanganay sa pamamagitan ng pandaraya ay malinaw na nahayag sa kanya. Hindi siya lubos na nagtiwala sa mga pangako ng Dios, sa halip ay nagsikap sa pamamagitan ng sarili niyang magagawa upang gawin ang sana'y gagawin ng Dios sa sarili Niyang panahon at kaparaanan. Bilang tanda na siya'y pinatawad, ang kanyang pangalan ay pinalitan mula sa isa na nagpapaalaala ng kanyang kasalanan, ang ipinalit ay isang magpapaalaala ng kanyang pagtatagumpay. "Ang iyong pangalan," wika ng anghel, ay "hindi na tatawaging Jacob [ang mang-aagaw], kundi Israel: sapagkat ikaw ay nakipagpunyagi sa Dios at sa mga tao, at ikaw ay nanaig."

Tinanggap ni Jacob ang pagpapalang ninanasa ng kanyang kaluluwa. Ang kanyang kasalanan bilang mang-aagaw at manlilinlang ay pinatawad. Ang krisis sa kanyang buhay ay lumipas na. Ang
[233] pag-aalin- langan, pagkalito, at mataos na pagsisisi ay nakapag-
[234] papait sa kanyang buhay, subalit ngayon ang lahat ay nabago; at matamis ang kapayapaan ng pakikipagkasundo sa Dios. Si Jacob
[235] ay hindi na natatakot makipagtagpo sa kanyang kapatid. Ang Dios na nagpatawad sa kanyang kasalanan, ay magagawa ring kilusin ang puso ni Esau upang tanggapin ang kanyang pagpapakumbaba at pagsisisi.

Samantalang si Jacob ay nakikipagbuno sa anghel, isa pang sugo ng langit ang pinapunta kay Esau. Sa isang panaginip, nakita ni Esau ang kanyang kapatid na naninirahan sa malayong hiwalay sa kanyang ama; nasaksihan niya ang kanyang pagkalungkot sa pagkaalam ng pagkamatay ng kanyang ina; nakita niya siyang pinalilibutan ng mga hukbo ng Dios. Ang panaginip na ito ay binanggit ni Esau sa kanyang mga kawal at nagtagubiling huwag nilang sasaktan si Jacob, sapagkat ang Dios ng kanyang ama ay sumasa kanya.

Sa wakas ang dalawang pangkat ay nagkaharapan sa isa't isa, ang pinuno ng disyerto kasama ang kanyang mga kawal, at si Jacob kasama ang kanyang mga asawa at mga anak, pinaglilingkuran ng mga pastol at mga katulong na babae, at sinusundan ng napakaraming mga baka at tupa. Dala ang kanyang tungkod, ang patriarka ay humakbang sa harap upang kaharapin ang pangkat ng mga sundalo. Siya ay namumutla at pilay mula sa katatapos lamang na pakikipagbuno niya, at siya ay lumakad ng marahan at nasasaktan, tumitigil sa bawat hakbang; subalit ang kanyang anyo ay naliliwanagan ng kagalakan at kapayapaan.

Sa pagkakita sa nahihirapang pilay, "tumakbo si Esau na sinalubong siya, at niyakap siya at niyapos siya sa leeg, at hinagkan siya: at nag- iyakan." Samantalang minamasdan ang nagaganap na iyon, maging ang puso ng mga malulupit na sundalo ni Esau ay nakilos. Sa kabila ng pagkakasaysay niya sa kanila ng kanyang panaginip, hindi nila maunawaan ang pagbabagong naganap sa kanilang pinuno. Bagaman nakikita nila ang paghihirap ng patriarka, hindi nila bahagyang maisip na ang kahinaang ito niya ang ginawang kanyang kalakasan.

Sa kanyang gabi ng paghapis sa tabi ng Jaboc, nang ang pagkawasak ay tila nasa harapan lamang niya, si Jacob ay naturuan kung gaano kawalang-kabuluhan ang maitutulong ng tao. Nakita niya na ang tanging tulong para sa kanya ay nagmumula sa nagawan niya ng napakalaking kasalanan. Walang kakayanan at di nararapat, nakiusap siya para sa ipinangakong kaawaan ng Dios sa nagsisising makasalanan. [236]

Ang pangakong iyon ang kanyang katiyakan na siya ay patatawarin at tatanggapin ng Dios. Higit na madali pang lumipas ang langit at ang lupa kaysa ang di matupad ang salitang iyon; at ito ang nagpapanatili sa kanya sa panahong iyon ng nakakatakot na pakikipagbuno.

Ang karanasang iyon ni Jacob sa gabi ng pakikipagbuno at kapighatian ay kumakatawan sa pagsubok na dadanasin ng bayan ng Dios bago sumapit ang ikalawang pagdating ni Kristo. Ang propetang Jeremias, sa banal na pangitain tungkol sa kapanahunang ito, ay nagsabi, "Kami ay nangakarinig ng tinig ng panginginig, ng takot, at hindi ng kapayapaan.... Ang lahat na mukha ay naging maputla. Ay! sapagkat ang araw na iyon ay dakila, na anupa't walang gaya niyaon: siya ngang panahon ng kabagabagan ni Jacob; ngunit siya'y maliligtas doon." Jeremias 30:5-7.

Kapag itinigil na ni Kristo ang Kanyang gawain bilang tagapamagitan para sa kapakanan ng tao, ang panahong ito ng kaguluhan ay magsisimula. Kung magkagayon ang usapin ng bawat kaluluwa ay napagpasyahan na, at wala nang pangtubos na dugo upang maglinis ng kasalanan. Kapag iniwan na ni Kristo ang kanyang gawain bilang tagapamagitan ng tao sa harap ng Dios, ang banal na pahayag ay naganap na, "Ang liko ay magpakaliko pa: at ang marumi ay magpakarumi pa: at ang matuwid, ay magpakatuwid pa: at ang banal, ay magpakabanal pa." Apocalipsis 22:11. Kung magkagayon ang pumipigil na Espiritu ng Dios ay aalisin na mula sa lupa. Kung paanong si Jacob ay nangangambang mapapatay ng kanyang galit na kapatid, gano'n din naman ang bayan ng Dios ay mapapasa panganib ng mga masasamang magsisikap na sila ay patayin. At kung paanong ang patriarka ay nakipagbuno nang buong magdamag upang magkaroon ng kaligtasan mula sa mga kamay ni Esau, gano'n din naman ang mga matuwid ay mananalangin sa Dios araw at gabi upang mailigtas mula sa mga kaaway na nakapaligid sa kanila.

Inakusahan ni Satanas si Jacob sa harapan ng mga anghel ng Dios, inaangkin ang karapatan upang puksain siya dahil sa kanyang kasalanan; siya ay kumilos kay Esau upang humarap laban sa kanya; at sa panahon ng mahabang gabi ng pakikipagbuno, si Satanas ay nagsikap ipagdiinan sa kanya ang pagkadama ng kanyang kasalanan, upang sirain ang kanyang loob, at wasakin ang kanyang pagkakapit sa Dios. Nang sa kanyang kawalan ng pag-asa si Jacob ay kumapit
[237] sa anghel, ay may luhang nakiusap, ang makalangit na Sugo, upang siya'y subukin, ay pinaalalahanan din tungkol sa kanyang kasalanan, at nagsikap tumakas mula sa kanya. Subalit si Jacob ay di niya mapaaa- lis. Kanyang natutunan na ang Dios ay mahahabagin, at kanyang inila- gak ang kanyang sarili sa Kanyang habag. Kanyang ipinaaalaala ang kanyang pagsisisi sa kanyang kasalanan, at humiling ng kaligtasan. Samantalang binabalikan niya ang kanyang buhay, siya ay halos naakay sa kawalan ng pag-asa; subalit maigting niyang hinawakan ang anghel, at may taimtim, at umiiyak na paghiling ay ipinilit ang kanyang kahilingan hanggang siya ay nanaig.

Gano'n ang magiging karanasan ng bayan ng Dios sa kanilang huling pakikipaglaban sa mga kapangyarihan ng masama, Susubukin ng Dios ang kanilang pananampalataya, pagtitiyaga, pagtitiwala at sa Kanyang kapangyarihang makapagliligtas sa kanila. Sisikapin ni Satanas na sila ay takutin sa pamamagitan ng kaisipan na ang kanilang kalagayan ay wala nang pag-asa; na ang kanilang kasalanan ay gano'n na lamang kalaki upang hindi na tumanggap ng kapatawaran. Sila ay magkakaroon ng malalim na pagkadama ng kanilang pagkukulang, at samantalang kanilang binabalikan ang kanilang mga buhay ang kanilang pag-asa ay maglalaho. Subalit sa pag-aalaala ng kadakilaan ng habag ng Dios, at ng kanilang ganap na pagsisisi, makikiusap sila ayon sa Kanyang mga pangako sa pamamagitan ni Kristo para sa mga walang kakayanan, at nagsisising makasalanan. Ang kanilang pananampalataya ay di manlulupaypay dahilan lamang sa ang kanilang mga dalangin ay di agad natutugon. Sila ay manghahawak sa kalakasan ng Dios, kung paanong si Jacob ay humawak sa Anghel, at ang magiging bigkasin ng kanilang kaluluwa ay, "Hindi Kita bibitiwan hanggang hindi Mo ako mabasbasan."

Kung bago nangyari iyon ay hindi pa napagsisisihan ni Jacob ang pagkuha sa karapatan ng pagkapanganay sa pamamagitan ng

pandaraya, ay hindi sana siya dininig ng Dios at sa habag ay hindi iniligtas ang kanyang buhay. Gano'n din naman sa panahon ng kabagabagan, kung ang bayan ng Dios ay mayroon mga kasalanang hindi napagsisisihan na haharap sa kanila samantalang sila ay pinahihirapan ng takot at dalamhati, sila ay mapupuspos ng dalamhati; ang kawalan ng pag-asa ang puputol sa kanilang pananampalataya, at hindi sila magkakaroon ng lakas ng loob upang makiusap na sila ay iligtas ng Dios. Subalit kung sila ay nakadarama ng kanilang pagiging di karapat-dapat, sila ay walang natatagong mga kasalanang ihahayag. [238]

Ang kanilang mga kasalanan ay napawi na ng dugo ni Kristo, at hindi na nila ito maalaala pang muli.

Inaakay ni Satanas ang marami upang isipin na babaliwalain ng Dios ang kanilang pagiging di tapat sa mga maliliit na bahagi ng buhay; subalit ipinakikita ng Panginoon sa Kanyang pakikitungo kay Jacob na kailan man ay di Niya ipapahintulot o babaliwalain ang kasamaan. Ang lahat ng magsisikap magdahilan o magkubli ng kanilang mga kasalanan, at nagpapahintulot na ang mga iyon ay manatiling nakatala sa mga aklat ng langit, hindi naihahayag at hindi napapatawad, ay madadaig ni Satanas. Kung mas mataas ang kanilang kalagayan, at mas marangal ang tungkuling kanilang ginagam- panan, ay higit na mas malala ang kanilang gawain sa paningin ng Dios, at mas tiyak ang pananaig ng dakilang katunggali.

Gano'n pa man ang kasaysayan ni Jacob ay isang kasiguruhan na hindi itatakwil ng Dios yaong mga nadaya upang magkasala, subalit nanumbalik sa Kanya na may tunay na pagsisisi. Sa pamamagitan ng pagsuko ng sarili at nagtatapat na pananampalataya nakamtan ni Jacob ang di niya makamtan sa pamamagitan ng pakikipaglaban sa sarili niyang lakas. Sa gano'ng paraan ay tinuruan ng Dios ang Kanyang lingkod na ang kapangyarihan at biyaya ng Dios lamang ang makapagbibigay sa kanya ng pagpapalang kinauuhawan niya. Gano'n din naman sa mga nabubuhay sa mga huling araw. Samantalang sila ay napapaligiran ng panganib, at ang kawalan ng pag-asa ay pumipigil sa kaluluwa, sila ay kinakailangang magtiwala lamang sa kabutihan ng pagtubos. Wala tayong magagawa sa ganang ating sarili lamang. Sa ating kawalan ng kakayanan at pagiging di karapat-dapat kinakailangang tayo ay magtiwala sa kabutihan ng ipinako at muling nabuhay na Tagapagligtas. Walang sino mang masasawi sa

pagsasagawa nito. Ang mahaba, at maitim na listahan ng ating mga pagkukulang laging nakikita ng Dios. Ang talaan ay ganap; wala tayong kasalanang kinalilimutan. Subalit Siya na nakinig sa pag-iyak ng Kanyang mga lingkod noong una, ay makikinig sa dalangin ng pananampalataya at magpapatawad sa ating mga kasalanan. Siya ang nangako, at Kanyang tutuparin ang Kanyang salita.

Si Jacob ay nanaig sapagkat siya ay matiyaga at tiyak. Ang kanyang karanasan ay nagpapatotoo sa kapangyarihan ng masugid na pananalangin. Ngayon ang panahon upang matutunan natin ang
[239] liksyong ito tungkol sa nananaig na dalangin ng di sumusukong pana-nampalataya. Ang pinaka dakilang mga pagtatagumpay sa iglesia ni Kristo sa sino mang Kristiano ay hindi yaong nakamtan sa pamamagitan ng talento o edukasyon, kayamanan o kaluguran ng tao. Yaon ay mga pagtatagumpay na nakamtan sa harap ng pakikipag- ugnayan sa Dios, kapag ang taimtim, at naghihirap na pananampalataya ay nanghawak sa malakas na bisig ng kapangyarihan.

Yaong hindi handa upang iwaksi ang bawat kasalanan at masikap na hanapin ang pagpapala ng Dios, ay hindi magkakamit noon. Subalit ang lahat ng manghahawak sa mga pangako ng Dios gaya ng ginawa ni Jacob at magiging gano'n din kataimtim at katiyaga na gaya niya, ay magtatagumpay kung paanong siya ay nagtagumpay. "At hindi baga igaganti ng Dios ang Kanyang mga hirang, na sumisi-gaw sa Kanya sa araw at gabi, at Siya'y may pagpapahinuhod sa kanya? Sinasabi ko sa inyo, na sila'y madaling igaganti Niya." Lucas
[240] 18:7, 8.

# Kabanata 19—Ang Pagbabalik sa Canaan

Ang kabanatang ito ay batay sa Genesis 34; 35; 37.

Sa pagtawid sa Jordan, "dumating si Jacob na payapa sa bayan ng Sichem, na nasa lupain ng Canaan." Genesis 33:18. Ang panalangin ng patriarka sa Betel, na siya ay dalhin ng Dios na payapa sa sarili niyang lupain, ay tinugon. Siya'y nanirahan sa lambak ng Sichem. Dito si Abraham, mahigit ng isang taon ang nakalilipas, unang nanirahan at nagtayo ng una niyang dambana sa Lupang Pangako. Dito ni Jacob "binili ang pitak ng lupa na pinagtayuan ng kanyang tolda, sa kamay ng mga anak ni Hamor, na ama ni Sichem, ng isang daang putol na salapi. At siya'y nagtindig doon ng isang dambana, at tinawag niyang El-elohe-Israel." (Talatang 19, 20)—"Dios, ang Dios ni Israel." Tulad ni Abraham, si Jacob ay nagtayo sa tabi ng kanyang tolda ng isang dambana para sa Panginoon, tinatawagan ang mga kaanib ng kanyang sambahayan sa paghahain sa umaga at sa hapon. Dito rin siya humukay ng balon na makalipas ang isang libo at pitong daang taon, ay dumating ang Anak ni Jacob at Tagapagligtas, at sa tabi noon, sa pamamahinga sa kainitan ng katanghaling tapat, Kanyang pinagsabihan ang Kanyang mga namamanghang tagapakinig tungkol sa "balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan." Juan 4:14.

Ang paninirahan ni Jacob at ng kanyang mga anak sa Sichem ay nagwakas sa karahasan at pagdanak ng dugo. Ang nag-iisang anak na babae ng sambahayan ay nadala sa kahihiyan at kalungkutan, dalawang kapatid na lalaki ang nasangkot sa kasalanan ng pagpatay, isang bayan ang humantong sa pagkawasak at maramihang pagpatay, sa paghihigand sa kasamaang ginawa ng isang padalos-dalos na kabataan. Ang simula ng humantong sa kakila-kilabot na naging bunga ay ang ginawa ng anak na babae ni Jacob, na lumabas "upang tingnan ang mga anak na babae ng lupaing yaon," nangahas sa pakikisalamuha sa mga hindi kumikilala sa Dios. Siya na naghahanap ng kasiyahan kasama ng mga walang pagkatakot sa Dios ay inilalagay

ang kanyang sarili sa kinaroroonan ni Satanas at nag-aanyaya sa
[241] kanya ng mga tukso.

Ang mapandayang kalupitan ni Simeon at ni Levi ay pinagalitan; sa ginawa pa nilang iyon sa mga taga Sichem sila ay nakagawa ng isang malaking kasalanan. Maingat nilang inilihim kay Jacob ang kanilang panukala, at ang balita tungkol sa kanilang paghihiganti ay pumuno sa kanya ng takot. Sa sama ng loob sa panlilinlang at karahasan ng kanyang mga anak, ay kanyang sinabi, "Ako'y inyong binagabag, na pinapaging mapagtanim ninyo ako sa mga tumatahan sa lupain:... at akong may kaunting tao, ay magpipisan sila laban sa akin, at ako'y sasaktan nila; at lilipulin ako at ang aking sambahayan." Subalit ang kalungkutan at pagkamuhi niya sa madugo nilang ginawa ay nahahayag sa kanyang mga pananalita kung saan, halos limampung taon na ang nakalilipas, kanya iyong binanggit, samantalang siya ay nasa banig ng kamatayan sa Ehipto: "Si Simeon at si Levi ay magkapatid; mga armas na marahas ang kanilang mga tabak. Oh kaluluwa ko, huwag kang pumasok sa kanilang payo; sa kanilang kapisanan, ay huwag kang makiisa, kaluwalhatian ko.... Sumpain ang kanilang galit, sapagkat mabagsik." Genesis 49:5-7.

Si Jacob ay nakadama ng dahilan upang magkaroon ng lubhang pagkapahiya. Kalupitan at kasinungalingan ay nahayag sa pagkatao ng dalawa niyang anak. Mayroong mga diyus-diyusan sa kampamento, at nakapasok ang pagsamba sa mga diyus-diyusan maging sa sarili niyang sambahayan. Ano ang gagawin ng Panginoon sa kanila, hindi ba Niya sila iiwan sa kagalitan ng mga kalapit nilang mga bansa?

Samantalang si Jacob ay gano'ng nakayuko dahil sa kaguluhan, siya ay inutusan ng Panginoon na maglakbay tungo sa Betel. Ang kaisipan tungkol sa lugar na ito ay nagpaalaala sa patriarka hindi lamang ng kanyang pangitain tungkol sa mga anghel at sa mga pangako ng Dios tungkol sa kanyang habag, kundi pad ng panata na kanyang ginawa doon, na ang Panginoon ang magiging Dios niya. Kanyang ipinasya na bago magtungo sa banal na lugar na iyon ang kanyang sambahayan ay kinakailangang maging malaya sa lahat ng karamihan ng pagsamba sa mga diyus-diyusan. Kung kaya't siya ay nag-utos sa lahat ng naninirahan sa kampamento, "Ihiwalay ninyo ang mga diyos ng iba na nangasa inyo, at magpakalinis kayo, at magbago kayo ng inyong mga suot: at tayo'y magsitindig, at

umakyat sa Betel; at gagawa ako roon ng dambana sa Dios na sumagot sa akin sa araw ng aking kahapisan, at sumaakin sa daan na aking nilakaran.” [242]

Puno ng damdaming isinalaysay ni Jacob ang kasaysayan ng una niyang pagtungo sa Betel, nang iwan niya ang tolda ng kanyang ama na mag-isang maglalagalag, sa pagtakas para sa kanyang buhay, at kung paanong ang Panginoon ay napakita sa kanya sa pangitain sa gabi. At samantalang sinasariwa niya ang mga kahanga-hangang pakikitungo ng Dios sa kanya, ang sarili niyang puso ay napalambot, at ang kanya ring mga anak ay nakilos ng isang nakapagpapabagong kapangyarihan; kanyang nakuha ang pinakamabisang paraan upang ihanda sila na sumama sa pagsamba sa Dios sa kanilang pagdating sa Betel. “At kanilang ibinigay kay Jacob ang lahat ng ibang kakaibang diyos na nasa kamay nila, at ang mga hikaw na nasa kanilang mga tainga; at itinago ni Jacob sa ilalim ng punong encina na malapit sa Sichem.”

Ang Dios ay lumikha ng takot sa mga naninirahan sa lupain, upang hindi nila gawing ipaghiganti ang maramihang pagpatay sa Sichem. Ang mga manlalakbay ay nakarating sa Betel na hindi naaano. Dito ay muling napakita ang Dios kay Jacob at sinariwa sa kanya ang pangako ng tipan. “At si Jacob ay nagtayo ng isang batong pinakaalaala sa dakong pinakipag-usapan sa kanya ng Dios, haliging bato.”

Sa Betel, si Jacob ay tinawagan upang tangisan ang pagkamatay ng isa na matagal na naging marangal na kaanib ng sambahayan ng kanyang ama—ang yaya ni Rebecca, si Debora, na sumama kay Rebecca mula sa Mesopotamia hanggang sa lupain ng Canaan. Ang presensya ng matandang ito ay naging napakahalaga kay Jacob kaugnay ng kanyang kabataan, lalong lalo na sa kanyang ina na ang naging pagmamahal sa kanya ay matindi at kagiliw-giliw. Si Debora ay inilibing ng may pagpapahayag ng malaking kalungkutan na ang encina na sa silong noon ay naroon ang pinaglibingan sa kanya ay tinawag na “encina ng pananangis.” Hindi kinakailangang baliwalain na ang ala-ala sa kanyang buhay ng matapat na paglilingkod at ang pananangis para sa kaibigang ito ng sambahayan ay naibilang sa karapat-dapat upang maingatan sa salita ng Dios.

Mula sa Betel iyon ay dalawang araw lamang ng paglalakbay patungo sa Hebron, subalit iyon ay naghatid kay Jacob ng mabigat

na paghapis sa pagkamatay ni Raquel. Dalawang pitong taon ng paglilingkod alang-alang sa kanya, at dahil sa kanyang pagmamahal ang paglilingkod na iyon ay naging pawang magagaan. Kung paanong ang pagmamahal na iyon ay naging malalim at nananatili,
[243] ay nahayag nang makalipas ang mahabang panahon, samantalang si Jacob sa Ehipto ay malapit nang mamatay, at si Jose ay dumating upang dalawin ang kanyang ama, at ang matandang patriarka, sa pagtingin sa sarili niyang nakalipas na buhay, ay nagsabi, "At tungkol sa akin, nang ako'y dumating mula sa Padan, si Raquel ay namatay sa akin sa lupain ng Canaan sa daan, nang kulang pa ng kaunti upang dumating sa Ephrata: at aking inilibing siya roon sa daan ng Ephrata." Genesis 48:7. Sa pansambahayang kasaysayan ng kanyang mahaba at magulong buhay ang pagkawala lamang ni Raquel ang naalaala.

Bago siya namatay si Raquel ay nagsilang ng ikalawang anak na lalaki. Sa kanyang pag-agaw buhay kanya siyang pinangalanang Benoni, "anak sa aking paghihirap." Subalit tinawag siya ng kanyang amang Benjamin, "anak ng aking kanang kamay," o "aking lakas." Si Raquel ay inilibing sa lugar na kanyang kinamatayan, at isang batong pinakaalaala ang itinayo doon.

Sa daan patungo sa Ephrata isa pang madilim na krimen ang dumungis sa sambahayan ni Jacob, na naging sanhi upang si Ruben, ang panganay na anak, ay maging di karapat-dapat sa mga karapatan at karangalan ng pagkapanganay.

Sa wakas si Jacob ay nakararing sa dulo ng kanyang paglalakbay, "kay Isaac na kanyang ama, sa Mamre,... na siyang Hebron, na doon tumahan si Abraham at si Isaac." Dito siya ay nanirahan hanggang sa mga huling taon ng buhay ng kanyang ama. Para kay Isaac, may sakit at bulag, ang mabait na mga pagtingin ng anak niya na matagal na nawala ay naging kaaliwan sa mga taon ng kanyang kalungkutan at pagluluksa.

Si Jacob at si Esau ay nagtagpo sa banig ng kamatayan ng kanilang ama. Dati ay inaasahan ng mas nakatatandang kapatid ang pagka- kataong ito upang makapaghiganti, subalit ang kanyang damdamin ay nagkaroon ng malaking pagbabago. At si Jacob, na kontento na sa espirituwal na pagpapala ng pagkapanganay, ay iniwan sa mga nakatatandang kapatid ang pagmamana ng kayamanan ng kanilang ama—ang tanging pagpapala na hinangad ni

Esau at pinahalagahan. Wala na silang alitan sa isa't isa bunga ng paninibugho o galit, gano'n pa man sila ay naghiwalay. Si Esau ay nagtungo sa malapit sa bundok ng Seir. Ang Dios na mayaman sa pagpapala, ay nagbigay kay Jacob ng mga kayamanan sa lupa, bukod sa nakahihigit na pagpapala na kanyang ninasa. Ang mga pag-aari ng dalawang magkapatid "ay to- toong napakalaki para sa kanila na [244] tumahang magkasama at ang lupain na kanilang pinaglalakbayan ay hindi makaya sila, sapagkat napakarami ang kanilang hayop." Ang paghihiwalay na ito ay sang- ayon sa panukala ng Dios para kay Jacob. Sapagkat ang magkapatid ay may malaking pagkakaiba tungkol sa pananampalataya na pangre- lihiyon, mas makabubuti para sa kanila ay manahang magkahiwalay.

Si Esau at si Jacob ay kapwa naturuan sa pagkilala sa Dios, at kapwa sila malaya upang lumakad sa pagsunod sa Kanyang mga utos upang maging kalugod-lugod sa Kanya; subalit hindi sila parehong nagpasya upang sumunod. Ang dalawang magkapatid ay lumakad sa magkaibang landas, at ang kanilang landas ay patuloy na higit pang magkakalayo.

Hindi ayon sa sariling kagustuhan ng Dios ang si Esau ay masarahan sa labas ng pagpapala ng kaligtasan. Ang mga kaloob ng Kanyang biyaya sa pamamagitan ni Kristo ay walang bayad para sa lahat. Walang pagpili liban sa sariling pagpili sa kapahamakan. Inihayag ng Dios sa Kanyang salita ang mga kundisyon kung paanong ang bawat kaluluwa ay maaaring makabilang sa mga pinili para sa buhay na walang hanggan—ang pagsunod sa Kanyang mga utos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo. Pinili ng Dios ang isang pagkatao na sumasang-ayon sa Kanyang kautusan, at sino mang makaaabot sa pamantayan ng Kanyang kautusan ay makapapasok sa kaharian ng kaluwalhatian. Si Kristo Mismo ay nagsabi, "Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan; ngunit ang hindi tumatalima sa Anak ay hindi makakakita ng buhay." Juan 3:36. "Hindi ang bawat nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay pa- pasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit." Mateo 7:21. At sa Apocalipsis ay Kanyang sinabi, "Mapalad ang nangaghuhugas ng kanilang damit upang sila'y magkaroon ng karapatan sa punong kahoy ng buhay, at makapasok sa bayan sa pamamagitan ng mga pintuan." Apocalipsis

22:14. Tungkol sa kaligtasan ng tao sa wakas, ito ang natatanging pagpili na inihahayag sa salita ng Dios.

Ang bawat kaluluwa na gagawa para sa sarili niyang kaligtasan na may pagkatakot at panginginig ay pinipili. Pinipili ang nagsusuot ng sandata at makikipagbaka ng mabuting pakikipagbaka ng pananampalataya. Pinipili yaong nangagpupuyat sa pananalangin,
[245] mag- sasaliksik sa mga Kasulatan, at lalayo sa tukso. Pinipili yaong magkakaroon ng pananampalatayang nagpapatuloy, at magiging masunurin sa bawat salita na nagmumula sa bibig ng Dios. Ang mga kaloob ng kaligtasan ay walang bayad para sa lahat; ang mga ibunubunga ng pagtubos ay magiging kasiyahan noong mga sasang-ayon sa mga kundisyon.

Tinanggihan ni Esau ang mga pagpapala ng tipan. Kanyang pinahalagahan ang mga bagay sa lupa ng higit sa espirituwal na pagpapala, at kanyang tinanggap yaong kanyang ninanais. Iyon ay sarili niyang pagpili kung kaya siya ay napalayo sa bayan ng Dios. Pinili ni Jacob ang pamana ng pananampalataya. Kanyang sinikap na makamtan iyon sa pamamagitan ng iba't ibang paraan, pandaraya, at kasinungalingan; subalit pinahintulutan ng Panginoon na isagawa ng kanyang kasalanan ang pagtatama noon. Gano'n pa man sa lahat ng mapapait na karanasan niya noong mga huli niyang mga taon, si Jacob ay hindi lumihis sa kanyang layunin ni itinanggi ang kanyang pinili. Natutunan niya na sa pamamagitan ng paggamit ng sariling kakayanan at gawa upang makamtan ang pagpapala, siya ay nakikipaglaban sa Dios. Mula noong gabing iyon ng pakikipagbuno sa tabi ng Jaboc, si Jacob ay naging isang bagong tao. Ang pagtitiwala sa sarili ay nabunot na. Mula noon ang dating pagiging tuso ay hindi na nakita. Kapalit ng katusuhan at panlilinlang, ang kanyang buhay ay naghayag ng kasimplihan at katotohanan. Natutunan niya ang simpleng pagtitiwala sa Makapangyarihang Bisig, at sa gitna ng pagsubok at paghihirap siya ay yumuko sa mapagpakumbabang pagsuko sa kalooban ng Dios. Ang mababang elemento ng pagkatao ay napuksa ng apoy, ang tunay na ginto ay napino, hanggang sa ang pananampalataya ni Abraham at ni Isaac ay nahayag na hindi nadidiliman kay Jacob.

Ang kasalanan ni Jacob, at ang sumunod na mga pangyayari doon, ay hindi nabigo sa paghahatid ng impluwensya para sa masama— isang impluwensyang naghahayag ng mapait na bunga

noon sa buhay ng kanyang mga anak. Samantalang ang mga anak na lalaking ito ay nagsisilaki sila ay nagkaroon ng malalang kasalanan. Ang mga bunga ng pagkakaroon ng maraming asawa ay nahayag sa sambahayan. Ang matinding kasamaang ito ay nakahilig sa pagtuyo ng mismong mga bukal ng pag-ibig, at ang impluwensya noon ay nakapagpapahina sa pinakabanal na relasyon. Ang paninibugho ng bawat ina ay nagpa- pait sa ugnayan ng sambahayan, ang mga anak ay lumaking palaaway at nayayamot sa pamamahala, at ang buhay [246]
ng ama ay nadiliman ng kaligaligan at kalungkutan.

Mayroong isa, na gano'n pa man, ay nagkaroon ng kakaibang pagkatao—ang panganay na anak ni Raquel, si Jose, na ang kakaibang personal na kagandahan ay tila naghahayag ng panloob na kagandahan ng pag-iisip at ng puso. Dalisay, maliksi, at masayahin, ang bata ay naghahayag ng pagiging masikap sa kabutihan at katatagan. Nakikinig siya sa mga sinasabi ng kanyang ama, at iniibig niya ang sumunod sa Dios. Ang mga katangian na sa dakong huli ay makikita sa kanya sa Ehipto—kahinahunan, katapatan, at pagkamakatotohanan—ay naha- hayag na sa kanyang araw-araw na pamumuhay. Sapagkat ang kanyang ina ay patay na, naging mahigpit ang kanyang pag-ibig sa kanyang ama, at ang puso ni Jacob ay nagkaroon ng pagkakatali sa anak na ito ng kanyang katandaan. "Minahal nga ni Israel si Jose ng higit kaysa lahat niyang anak."

Subalit maging ang pag-ibig na ito ay magiging sanhi ng suliranin at kalungkutan. Naging wala sa lugar ang pagpapahayag ng pag-ibig kay Jose, at ito ay naging sanhi ng paninibugho ng iba niyang mga anak. Samantalang nasasaksihan ni Jose ang masasamang ugali ng kanyang mga kapatid, siya ay lubos na nalungkot; sinubukan niyang tumutol ng mahinahon sa kanila subalit lumikha lamang iyon ng higit pang pagkagalit at pagdaramdam. Hindi niya matiis ang nakikita silang nagkakasala laban sa Dios, kung kaya inihayag niya ang bagay na iyon sa kanyang ama, umaasang ang kanyang awtoridad ay maka- pagbabago sa kanila.

Sinikap ni Jacob iwasan ang pagpukaw sa kanilang galit sa pamamagitan ng dahas o kalupitan. Puspos ng damdamin kanyang inihayag ang kanyang kahilingan sa kanyang mga anak, at nakiusap sa kanila na bigyang galang ang mapuputi niyang buhok, at huwag dudungisan ang kanyang pangalan, at higit sa lahat huwag lalapastanganin ang Dios sa pamamagitan ng gano'ng pagbabaliwala sa

Kanyang mga utos. Nahiya sapagkat ang kanilang kasamaan ay nalaman, ang mga kabataang lalaki ay nagmukhang nagsisisi, subalit kanila lamang pinagtakpan ang tunay nilang nadadama, na lalong pina- pait ng pagkakabunyag na ito.

Ang di mahusay na pagkakaloob ng ama kay Jose ng isang mamahaling damit, o tunika, na pangkaraniwang isinusuot ng mga
[247] kinikilalang tao, para sa kanila ay tila naging katibayan ng kanyang pagtatangi, at naging sanhi ng kanilang pag-iisip na may layunin siyang baliwalain ang mga mas nakatatanda niyang mga anak upang ipagkaloob ang karapatan ng pagkapanganay sa anak ni Raquel. Ang masama nilang iniisip ay naragdagan pa nang isinaysay sa kanila ng bata ang kanyang napanaginip. "Narito," ang sabi niya, "tayo'y nagtatali ng mga bigkis ng trigo sa bukid, at, narito, na tumindig ang aking bigkis, at tumuwid din naman at, narito, ang inyong mga bigkis ay napasa palibot at yumukod sa aking bigkis."

"Maghahari ka ba sa amin? o papapanginoon ka sa amin?" ang galit na pahayag ng kanyang mga kapatid sa pagkainggit.

Di pa nagtatagal siya ay nagkaroon muli ng isa pang panaginip, na halos gano'n din, na kanya ring isinaysay: "Narito, ang araw at ang buwan at ang labing isang bituin ay yumukod sa akin." Ang panaginip na ito ay kaagad pinakahulugan din na gaya noong una. Ang ama na naroon din, ay nagsalita sa isang nagsasaway na paraan—"Anong panaginip itong iyong napanaginip? Tunay bang ako at ang iyong ina at ang iyong mga kapatid ay yuyukod sa lupa sa harap mo?" Sa kabila ng kanyang mabibigat na salita, si Jacob ay naniwala na ang Panginoon ay nagpapahayag ng hinaharap ni Jose.

Samantalang ang bata ay nakatayo sa harap ng kanyang mga kapatid, ang kanyang kagandahan ay niliwanagan ng Espiritu ng Inspirasyon, hindi mapigil ang kanilang paghanga; subalit hindi nila pinili ang talikuran ang masasama nilang gawain, at kinapootan nila ang kada- lisayang sumusumbat sa kanilang kasalanan. Ang espiritung katulad ng kumikilos kay Cain ay nagsisindi sa kanilang mga puso.

Ang mga magkakapatid ay kinakailangang magtungo sa iba't ibang lugar upang makatagpo ng mapagpapastulan sa kanilang mga alagang hayop, at malimit sila ay sama-samang wala sa kanilang tahanan sa loob ng maraming buwan. Matapos ang mga pangyayaring kasasaysay pa lamang, sila ay nagtungo sa lugar na binili

ng kanilang ama sa Sichem. llang panahon ang lumipas na walang balitang dumarating tungkol sa kanila, at ang ama ay nagsimulang mag-aalala, dahil sa dati nilang ginawang kalupitan sa mga taga Sichem. Kung kaya't sinugo niya si Jose upang hanapin sila, at hatiran siya ng balita tungkol sa kanilang kalagayan. Kung alam lamang ni Jacob ang tunay na damdamin ng kanyang mga anak kay Jose, di sana'y hindi niya hina- yaang mag-isa lamang siyang ipinagkatiwala sa kanila; subalit ito ay maingat nilang inilihim. [248]

Taglay ang isang masayang puso, si Jose ay humiwalay sa kanyang ama. Wala sa kanilang nakababarid kung ano mangyayari bago sila magkitang muli. Nang, makalipas ang kanyang mahaba at nag-iisang paglalakbay, si Jose ay nakarating sa Sichem, ang kanyang mga kapatid at ang kanilang mga alagang hayop ay wala doon. Sa pagtatanong tungkol sa kanila, siya ay itinuro sa Dotan. Siya ay nakapaglakbay na ng limampung milya, at ngayon ay may karagdagan pang labin limang milya sa harap niya, subalit siya ay nagmamadaling nagpatuloy, kinakalimutan ang kanyang kapaguran sa pag-iisip na kanyang mai- ibsan ang pag-aalala ng kanyang ama, at makatatagpo ang kanyang mga kapatid, na, sa kabila ng kanilang di mabuti, ay kanya pa ring minamahal.

Nakita siya ng kanyang mga kapatid na dumarating; subalit walang pag-iisip tungkol sa mahaba niyang nilakbay upang sila'y makatagpo, ng kanyang kapaguran at pagkagutom, at kanyang karapatan para sa kanilang pagtanggap at pang-kapatid na pag-ibig, ang makapag- papalambot ng kapaitan ng kanilang galit. Ang pagkakita sa tunika, na naghahayag ng pag-ibig ng kanilang ama, ay pumuno sa kanila ng silakbo ng galit. "Narito, dumarating itong mapanaginipin," sigaw nila sa pagkutya. Inggit at paghihiganti, na matagal na nilang ikinukub- li, ang ngayon ay kumikilos sa kanila. "Atin siyang patayin," ang wika nila, "at siya'y ating itapon sa isa sa mga balon, at ating sasabihin, Sinakmal siya ng isang masamang hayop; at ating makikita kung anong mangyayari sa kanyang mga panaginip."

Kanila na sanang isinakatuparan ang kanilang panukala kung hindi dahil kay Ruben. Umurong siya sa pakikilahok sa pagpatay sa kanyang kapatid, at nagmungkahing si Jose ay itapong buhay sa isang balon, at doon ay iwan upang mamatay; palihim na layunin, gano'n pa man, ang iligtas siya at ibalik sa kanyang ama. Sa pagsang-

ayon ng lahat sa panukalang ito, si Ruben ay umalis, sa pangamba na baka hindi niya makontrol ang kanyang damdamin, at ang tunay niyang layunin ay mabunyag.

Si Jose ay lumapit, di iniisip ang ano mang panganib, at nasisiyahan na ang layunin ng matagal niyang paghahanap ay nasumpungan; subalit sa halip na ang inaasahan niyang pagbati, siya ay natakot sa mga galit at mapaghiganting pagtingin sa kanyang nakita. Siya ay hinawakan at ang kanyang damit ay pinunit mula sa kanya. Mga pag- uyam at pagbabanta ang naghayag ng isang panukala ng pag-
[249] patay.

Ang kanyang mga pakiusap ay hindi pinakinggan. Siya ay ganap na nasa kapangyarihan ng mga galit na lalaking iyon. Walang awang hinila-hila siya tungo sa isang malalim na balon, at siya'y inihulog nila doon, at sa pagkatiyak na siya'y wala ng ano pa mang paraan upang makatakas mula doon, ay kanilang iniwan siya doon upang mamatay sa gutom, samantalang sila ay "nagsiupo upang kumain ng tinapay."

Subalit ang ilan sa kanila ay hindi mapalagay ng husto; hindi nila madama ang kanilang inaasahang ikasisiya mula sa kanilang paghihiganti. Di nagtagal isang grupo ng mga manlalakbay ang nakitang dumarating. Yaon ang isang pangkat ng mga Ismaelita mula sa ibayo ng Jordan, na magtutungo sa Ehipto dala ang kanilang mga kalakal. Ngayon ay iminungkahi ni Juda na ipagbili ang kanilang kapatid sa mga mangangalakal na ito sa halip na siya ay iwanan nila upang mamatay. Samantalang inaalis nila siya sa kanilang mga landas, hindi sila magkakasala ng pagpatay sa kanya; "sapagkat," ipinilit niya, "siya'y ating kapatid, atin ding laman." Sa mungkahing ito ang lahat ay sumang-ayon, at si Jose ay mabilis na inalis mula sa balon.

Samantalang nakikita niya ang mga mangangalakal ang kakilakilabot na katotohanan ay napasa sa kanya. Ang maging isang alipin ay isang kapalaran na higit pang kinatatakutan kaysa kamatayan. Sa isang hapis na takot siya ay nakiusap sa isa't isa sa kanyang mga kapatid, subalit walang saysay. Ang ilan ay nakilos sa kaawaan subalit sa takot sa pag-uyam ay nanahimik na lamang; nadama ng lahat na huli na ang lahat upang umurong pa. Kung si Jose ay maliligtas, tiyak na iuulat niya sila sa kanilang ama, na hindi palalampasin sa kanilang kalupitan sa paborito niyang anak. Sa pagmamatigas ng kanilang mga puso laban sa kanyang mga pakiusap, ay ibinigay nila

siya sa kamay ng mga mangangalakal na di kumikilala sa Dios. Ang grupo ay nagpatuloy sa kanilang paglalakbay, at di nagtagal nawala na sa kanilang paningin.

Si Ruben ay bumalik sa balon, subalit si Jose ay wala doon. Sa pagkabahala at pagsisisi sa sarili ay pinunit niya ang kanyang damit, at hinanap ang kanyang mga kapatid, na sinasabi, "Wala ang bata; at ako, saan ako paroroon?" Sa pagkabatid ng nangyari kay Jose, na imposible na ngayon ang mabawi pa siya, si Ruben ay napilitang sumangayon sa iba sa pagsisikap na pagtakpan ang kanilang kasalanan. Nagpatay ng isang lalaking kambing, kanilang inilubog ang tunika ni Jose sa dugo noon, at dinala sa kanilang ama, [250]
na nagsasabi sa kanya na kanilang nakita iyon sa parang, at kanilang ipinangangamba na iyon ay sa kanilang kapatid. "Kilalanin mo ngayon," wika nila, "kung tunika ng iyong anak o hindi." Pinangambahan nila ang mangyayari sa tagpong ito, subalit hindi sila handa sa makabagbag damdaming kalungkutan, ang ganap na pagtakas sa kalungkutan, na napilitang masaksihan nila. "Siya ngang tunika ng aking anak," wika ni Jacob, "sinakmal siya ng isang masamang hayop; si Jose ay walang pagsalang nilapa." Walang saysay na sinikap ng kanyang mga anak na siya ay aliwin. "Hinapak ni Jacob ang kanyang mga suot, at kanyang nilagyan ng magaspang na damit ang kanyang mga balakang, at tinangisang maraming araw ang kanyang anak." Ang panahon ay tila di makapaghahatid ng pagkawala sa kanyang kalungkutan. "Lulusong akong tatangis sa aking anak hanggang sa Sheol," ang iyak niya sa kawalan ng pag-asa. Sa takot sa kanilang nagawa, ang mga kabataang lalaki ay itinago pa rin sa kanilang mga puso ang kaalaman tungkol sa kanilang kasalanan, na maging sa kanilang mga sarili ay tila napakalaki. [251]

# Kabanata 20—Si Jose sa Ehipto

Samantala, si Jose at ang mga bumibihag sa kanya ay nasa kanilang daan patungo sa Ehipto. Samantalang ang pulutong ay naglalakbay patungo sa timog na hangganan ng Canaan, nakikita ng bata sa malayo ang mga gulod na kung saan naroon ang mga tolda ng kanyang ama. Mapait ang kanyang iyak sa pag-iisip sa isang nagmamahal na ama sa kanyang kalungkutan at kapighatian. Muli ang pangyayari sa Dotan ay nagbalik sa kanyang alaala. Nakita niya ang kanyang mga galit na kapatid at nadama ang kanilang matatalas na pagtingin sa kanya. Ang mga tumataginting, at nagkukutyang mga salita na sumalubong sa kanyang pakiusap samantalang humihibik ay umaalingawngaw sa kanyang mga tainga. Tumingin siya sa hinaharap na may nanginginig na puso. Anong laking pagbabago ng kalagayan—mula sa pagiging lubos na iniingatang anak tungo sa isang itinakwil at walang kakayanang alipin.

Subalit, sa awa't tulong ng Maykapal, maging ang karanasang ito ay magiging isang pagpapala sa kanya, natutunan niya sa ilang mga oras ang sa ibang paraan ay hindi niya natutunan sa loob ng maraming mga taon. Ang kanyang ama, malakas at taimtim ang pag-ibig sa kanya, ay nakagawa ng hindi mabuti sa kanya sa pagtatangi at kalabisang ito. Ang hindi tamang pagtingin na ito ay makapagpagalit sa kanyang mga kapatid at nag-udyok na sila'y gumawa ng kalupitan na naghiwalay sa kanya mula sa kanyang tahanan. Ang mga bunga nito ay hayag sa sarili niyang likas. Napasigla ang mga kamalian na ngayon ay kinakailangang mabago. Siya ay naging masyadong inde- pendente at mapaghanap. Nasanay sa pagkalinga ng ama, nadama niyang hindi siya handa sa mga kahirapan na nasa harap niya, sa mapait, at walang kumakalingang-buhay ng isang dayuhan at isang alipin.

At ang kanyang isip ay napatuon sa Dios ng kanyang ama. Sa kanyang pagkabata siya ay tinuruang umibig at matakot sa Kanya.
[252] Malimit sa tolda ng kanyang ama ay nakinig siya sa salaysay tungkol sa pangitain ni Jacob na nakita niya sa kanyang pagtakas mula sa

kanyang tahanan bilang isang maninirahan sa malayo at isang takas. Naisaysay sa kanya ang tungkol sa mga pangako ng Dios kay Jacob, at kung paanong ang mga iyon ay natupad—kung, paanong sa oras ng pangangailangan, ang mga anghel ng Dios ay dumating upang magturo, umaliw, at ingatan siya. At natutunan niya ang pag-ibig ng Dios sa pagkakaloob para sa tao ng isang Tagapagtubos. Ngayon ang lahat ng mahahalagang liksyong ito ay malinaw na dumating sa kanya. Si Jose ay naniwala na ang Dios ng kanyang mga ama ay magiging Dios niya. Noon at doon din ay ibinigay niya ang kanyang sarili ng lubos sa Panginoon, at kanyang idinalangin na ang tagapag- ingat ni Israel ay sumakanya sa malayong lupain na kanyang titirhan.

Ang kanyang kaluluwa ay nanginig na may mataas na kapasyahang patunayan na siya ay magiging tapat sa Dios—sa lahat ng pagkakataon upang kumilos bilang isang lingkod ng hari ng kalangitan. Buong puso niyang paglilingkuran ang Panginoon; at kanyang haharapin ang mga pagsubok sa kanya na may katatagan at gagampanan ang bawat tungkulin na may katapatan. Ang isang araw na karanasan ay naging panahon ng pagbabago sa buhay ni Jose. Ang kakilakilabot na sakuna na yaon ay nakapagbago sa kanya mula sa isang kinagigiliwang bata tungo sa isang lalaki, maalalahanin, matapang, at may pagsupil sa sarili.

Pagdating sa Ehipto, si Jose ay ipinagbili kay Potipar, kapitan ng bantay ng hari, na pinaglingkuran niya sa loob ng sampung taon. Dito siya humarap sa mga di pangkaraniwang tukso. Siya ay nasa kalagitnaan ng pagsamba sa mga diyus-diyusan. Ang pagsamba sa di tunay na mga diyos ay napapalibutan ng lahat ng karangyaang makahari, na tinutustusan ng kayamanan at kultura ng pinakasibilisadong bansa noon. Gano'n pa man iningatan ni Jose ang kanyang pagiging simple at tapat sa Dios. Ang mga tanawin at tugtugin ng lahat ng bisyo ay nasa paligid niya, subalit siya ay nagmistulang isang hindi nakakakita at hindi nakaririnig. Ang kanyang pag-iisip ay hindi pinahintulutang manahan sa mga bagay na hindi kaaya-aya. Ang pagnanais na kaluguran ng mga Ehipcio ay hindi maaaring maging dahilan upang ikubli niya ang kanyang paninindigan. Kung sinubukan niyang gawin iyon, maaaring siya ay nadaig ng tukso; subalit hindi niya ikinahiya ang pananampalataya ng kanyang mga

ama, at hindi siya gumawa ng ano mang pagsisikap upang ikubli
[253] ang katotohanan na siya'y isang sumasamba kay Jehova.

"At ang Panginoon ay suma kay Jose, at naging lalaking mapalad.... At nakita ng kanyang panginoon, na ang Panginoon ay sumasakanya, at ang lahat ng kanyang ginagawa ay pinagpala ng Panginoon sa kanyang kamay." Ang pagtitiwala ni Potipar kay Jose ay nadagdagan araw-araw, hanggang sa huli ay itinaas siya upang maging kanyang katiwala, na may ganap na kapamahalaan sa lahat ng kanyang ari-arian. "At kanyang ipinamahala ang lahat niyang tinatangkilik sa kamay ni Jose; at hindi siya nakikialam ng anomang kanya, liban sa tinapay na kanyang kinakain."

Ang hayag na pag-unlad ng lahat ng inilalagay sa pangangalaga ni Jose ay hindi bunga ng isang himala; kundi ng kanyang kasipagan, pag-iingat, at lakas na pinutungan ng pagpapala ng Dios. Ipinalalagay ni Jose na ang kanyang tagumpay ay bunga ng pagkalugod ng Dios, at maging ang kanyang panginoon na mapagsamba sa diyus-diyusan ay naniniwala na ito ang dahilan ng kanyang di napapantayang pag- unlad. Kung walang matibay, at mahusay na napapangunahang paggawa, gano'n pa man, ang pagtatagumpay ay di maaabot kailan man. Ang Dios ay naluwalhati sa katapatan ng Kanyang lingkod. Kanyang panukala iyon na sa kadalisayan at pagiging matuwid ng sumasampalataya sa Dios ay makita ang kaibahan ng mga sumasamba sa mga diyus-diyusan—upang sa gano'n ang liwanag ng makalangit na biyaya ay magningning sa kalagitnaan ng mga sumasamba sa mga diyus-diyusan.

Ang pagkamahinahon at katapatan ni Jose ang nakaakit sa puso ng punong kapitan, na itinuring siya bilang isang anak sa halip na isang alipin. Ang kabataan ay dinala upang makaugnay ang mga taong mataas ang tungkulin at kaalaman, at siya ay nagkaroon ng kaalaman sa agham, mga wika, at mga pangyayari—isang edukasyong kailangan ng isang magiging punong ministro ng Ehipto sa hinaharap.

Subalit ang pananampalataya ni Jose at katapatan ay dadaan sa mga apoy ng pagsubok. Ang asawa ng kanyang panginoon ay nagsikap hikayatin ang kabataang lalaki upang lumabag sa kautusan ng Dios. Hanggang sa mga sandaling ito siya ay nananatiling di narurumihan ng kabulukang lumalaganap sa lupaing iyon ng mga hindi sumasamba sa Dios; subalit ang tuksong ito, na biglaan, malakas,

at lubhang kaakit-akit—paano ito kinakailangang maharap? Alam na alam ni Jose kung ano ang magiging bunga ng pagtanggi. Sa kabilang panig naman ay ang pagtatakip, pagkalugod, at mga kaloob; [254] sa isang panig, kahihiyan, pagkakulong, marahil pagkamatay. Ang buong buhay niya sa hinaharap ay nakasalalay sa kapasyahan niya sa mga sandaling iyon. Magtatagumpay ba arig paninindigan? Si Jose ba ay mananatiling tapat sa Dios? Taglay ang di mabigkas na pag-aalala, ang mga anghel ay nagmasid sa pangyayari.

Ang tugon ni Jose ay naghayag ng kapangyarihan ng paninindigan sa relihiyon. Hindi niya pagtataksilan ang pagtitiwala ng kanyang panginoon sa lupa, at, ano man ang mangyari siya ay magiging tapat sa kanyang Panginoon sa langit. Sa ilalim ng nagmamasid na mga mata ng Dios at ng mga banal na anghel marami ang nagbibigay laya sa kanilang mga sarili sa paggawa ng mga kasalanang hindi nila gagawin sa harap ng kanilang kapwa tao, subalit una sa isip ni Jose ay ang tungkol sa Dios. “Paano ngang... aking magagawa itong malaking kasamaan, at kasalanan laban sa Dios?” wika niya.

Kung ating ikasisiya ang patuloy na pagkadama na nakikita at naririnig ng Dios ang lahat ng ating ginagawa at sinasabi at nag-iingat ng isang tapat na talaan ng ating mga pananalita at kilos, at kinakailangang ang lahat ng iyon ay kinakailangan nating harapin, katatakutan natin ang gumawa ng kasalanan. Mangyaring tandaan palagi ng mga bata na saan man sila naroroon, at anuman ang kanilang ginagawa, sila ay nasa harapan ng Dios. Walang anuman sa ating mga ginagawa ang hindi namamasdan. Hindi natin maitatago ang ating mga ginagawa mula sa Dios. Ang mga batas ng tao, ’ bagaman minsan ay malupit, ay malimit nasasalansang ng walang nakababatid, at nagiging ligtas sa parusa. Subalit hindi gano’n sa kautusan ng Dios. Ang pinakamalalim na hating gabi ay hindi maaaring pagkublihan ng nagkasala. Maaaring isipin niya na siya ay nag-iisa, subalit sa bawat isinasagawa ay may hindi nakikitang saksi. Yaong layunin ng kanyang puso ay hayag sa pagsisiyasat ng Dios. Bawat kilos, bawat salita, bawat iniisip, ay hayag na hayag na waring mayroong isang tao sa buong sanlibutan, at ang pagmamasid ng buong kalangitan ay nakatuon sa kanya.

Si Jose ay nagdusa dahil sa kanyang katapatan, dahil sa kanyang pagtitimpi ay pinaghigantihan sa pamamagitan ng pag-aatang sa

kanya ng isang mabigat na krimen, kung kaya't siya ay ipiniit sa bilangguan. Kung si Potipar ay naniwala sa akusasyon ng kanyang asawa laban kay Jose, ang batang Hudyo ay malamang napatay;
[255] subalit ang kabinihan at pagkamatuwid na tapat na mapagkikilanlan
[256] ng kanyang ugali ay katibayan ng kanyang pagiging walang sala; at gano'n pa man, upang mailigtas ang karangalan ng sambahayan ng
[257] kanyang panginoon, siya ay iniwan sa kahihiyan at pagkabilanggo.

Sa simula si Jose ay malupit na pinakitunguhan ng mga may hawak sa bilangguhan. Sabi ng mang-aawit, "Ang kanyang mga paa ay sinaktan nila ng mga pangpangaw; siya'y nalagay sa mga tanikalang bakal: hanggang sa panahon na nangyari ang kanyang salita; tinikman siya ng salita ng Panginoon." Mga Awit 105:18, 19. Subalit ang tunay na pagkatao ni Jose ay nagningning, maging sa kadiliman ng piitan. Siya ay matibay na nanghawak sa kanyang pananampalataya at pagtitdis; ang mga taon ng tapat niyang paglilingkod ay binayaran ng lubhang kalupitan gano'n pa man siya ay hindi nalumbay o nawalan ng pagtitiwala. Mayroon siyang kapayapaan na nagmumula sa nababatid na kawalan ng kasalanan, at ipinagkatiwala niya ang kanyang kalagayan sa Dios. Hindi siya nagkaroon ng kalungkutan sa pag- iisip-isip sa sarili niyang kasalanan, sa halip ay kinalimutan ang kanyang mga kalungkutan sa pamamagitan ng pagpapagaan ng kalungkutan ng iba. Maging sa piitan, may gawaing gagampanan. Siya ay inihanda ng Dios sa paaralan ng kahirapan para sa mas higit na kapakinabangan, at hindi niya tinanggihan ang kinakailangang pag- sasanay. Sa piitan, sa pagkasaksi ng mga bunga ng pang-aapi, kalupitan, at ang bunga ng krimen, kanyang natutunan ang liksyon tungkol sa katarungan, pakikiramay, at habag, na naghanda sa kanya sa pag- gamit ng kapangyarihan na may katalinuhan at pagkahabag.

Unti-unting nakuha ni Jose ang pagtitiwala ng tagapag-ingat ng piitan, at pagdaka'y pinagkatiwalaan ng pamamahala sa lahat ng mga bilanggo. Iyon ang bahagi na kanyang ginampanan sa piitan—ang kabutihan ng kanyang araw-araw na pamumuhay at ang kanyang pakikiramay para doon sa mga nasa kaguluhan at pagkalito—na nagbukas ng daan para sa kanyang hinaharap na pag-unlad at karangalan. Ang bawat sinag ng liwanag na idinudulot natin sa iba ay nagliliwanag rin sa atin. Bawat salita na may kagandahang loob at pakikiramay na sinalita sa nalulungkot, bawat isinasagawa

upang matulungan ang inaapi, at bawat kaloob sa nangangailangan, kapag isinagawa dahil sa tamang layunin, ay nagbubunga ng mga pagpapala para sa nagkakaloob.

Ang puno ng magtitinapay at ang puno ng katiwala ng saro ay napiit sa bilangguan dahil sa ilang kasalanan, at sila ay napasa [258] ilalim ng pamamahala ni Jose. Isang umaga, sa pagkabatid na sila'y lungkot na lungkot, magalang niyang itinanong ang dahilan at sinagot na kapwa sila nagkaroon ng isang kapuna-punang panaginip, na ninanais nilang malaman kung ano ang kahulugan. "Hindi ba ukol sa Dios ang mga paliwanag?" wika ni Jose, "isinasamo ko sa inyo, na inyong saysayin sa akin." Sa pagsasalaysay ng bawat isa ng kanyang panaginip, inihayag ni Jose ang kahulugan noon: sa loob ng tatlong araw ang puno ng katiwala ng saro ay ibabalik sa kanyang tungkulin, ay magbibigay ng saro sa kamay ni Paraon gaya ng dati, subalit ang puno ng magtitinapay ay ipapapatay sa utos ng hari. Sa dalawa ay naganap ang inihula sa kanila.

Ang tagapaghatid ng saro ng hari ay nagkaroon ng lubos na pagpapasalamat kay Jose, para sa nakaaaliw na pakahulugan sa panaginip at sa marami niyang isinagawang pagtulong sa kanya; at kapalit noon ang huli, sa isang nakakakilos na pagtukoy sa sarili niyang pagkabilanggo, ay nakiusap na ang kanyang kalagayan ay maparating sa hari. "Alalahanin mo ako," wika niya, "kung ikaw ay mapabuti na, at isinasamo ko sa iyo, na pagpakitaan mo ako ng kagandahang loob, at banggitin mo ako kay Faraon, at ako'y alisin mo sa bahay na ito: sapagkat ako'y tunay na ninakaw sa lupain ng mga Hebreo: at dito naman ay wala akong ginawang anoman, upang ako'y ilagay nila sa bilangguan." Nakita ng puno ng katiwala ng saro ang pagsasakatuparan ng panaginip; subalit nang maibalik sa pagiging kalugod-lugod sa hari, hindi na niya naalala ang tumulong sa kanya. Sa loob ng dalawang taon si Jose ay nanatili sa bilangguan. Ang pag- asang nasindihan sa kanyang puso ay dahan-dahang namatay, at sa lahat ng pagsubok ay napadagdag ang mapait na kagat ng kawalan ng utang na loob.

Subalit malapit nang buksan ng kamay ng Dios ang mga pinto ng bilangguan. Ang hari ng Ehipto isang gabi ay nagkaroon ng dalawang panaginip, na mukhang tumutukoy sa iisang pangyayari at tila naghahayag ng sakunang mangyayari sa hinaharap. Hindi niya mati- yak ang kanilang kahulugan, subalit patuloy silang naka-

pagpagulo sa kanyang isip. Ang mga mago at pantas sa kanyang kaharian ay hindi makapaghayag ng kahulugan. Ang kaguluhan ng isip at pagkalito ng hari ay nadagdagan, at ang malaking takot ay lumaganap sa buong palasyo niya. Ang pangkalahatang pagkabalisa
[259] ay nagpaalaala sa puno ng katiwala ng saro sa mga nangyari sa sarili niyang panaginip; kaugnay noon ay naalaala niya si Jose, at nakadama siya ng pagsisisi sa kanyang pagkalimot at kawalan ng utang na loob. Kaagad niyang ipinabatid sa hari kung paanong ang sarili niyang panaginip at ang panaginip ng puno ng magtitinapay ay ipinaliwanag ng isang Hebreong bilanggo, at kung paanong ang mga inihula ay natupad.

Kahiya-hiya para kay Faraon ang lampasan ang mga mago at pan- tas ng kanyang kaharian at komunsulta sa isang dayuhan at isang alipin, subalit handa siyang tanggapin ang pinakaabang paglilingkod kung ang kanyang naguguluhang isip ay makakasumpong ng lunas. Si Jose ay mabilis na ipinatawag; hinubad niya ang kanyang suot pang bilanggo, nag-ahit, sapagkat ang kanyang buhok ay humaba sa panahon ng kanyang kahihiyan at pagkabilanggo. At siya ay inihatid sa harap ng hari.

"At sinabi ni Faraon kay Jose, Ako'y nanaginip ng isang panaginip, at walang makapagpaliwanag: at nabalitaan kita, na pagkarinig mo ng isang panaginip ay naipaliwanag mo. At sumagot si Jose kay Faraon, na sinasabi, wala sa akin; Dios ang magbibigay ng sagot ng kapayapaan kay Faraon." Ang tugon ni Jose sa hari ay naghayag ng kapakumbabaan at ng pananampalataya sa Dios. Mahusay niyang tinanggihan ang karangalan ng pagkakaroon sa kanyang sarili ng ibayong karunungan. "Wala sa akin." Ang Dios lamang ang makapagpapaliwanag ng mga lihim na ito.

At si Faraon ay nagpatuloy upang isaysay ang kanyang mga panaginip: "Narito, nakatayo ako sa tabi ng ilog: at, narito, ay nagsiahon sa ilog na pitong bakang matatabang laman at magagandang anyo: at nanginain sa talahiban: at, narito, may ibang pitong baka na nagsiahon sa likuran nila, mga payat, at napakapangit ang anyo, at payat na kailan may hindi ako nakakita sa buong Ehipto ng ibang kawangis ng mga yaon sa kapangitan. At kinain ng mga bakang payat at pangit, ang pitong nauunang bakang matataba: at nang kanilang makain, ay hindi man lamang malaman na sila'y kanilang nakain; kundi ang kanilang anyo ay pangit ding gaya ng una. Sa

gayo'y nagising ako. At nakakita ako sa aking panaginip, at, narito, pitong uhay ay tumataas sa isang tangkay, mapipintog at mabubuti. At, narito, may pitong uhay na lanta, mga pipi, at tinutuyo ng hanging silanganan na nagsitaas na kasunod ng mga yaon: at nilamon ng mga uhay na lanta ang pitong uhay na mabuti: at aking isinaysay sa mga mago: datapuwat walang makapaghayag niyaon sa akin." [260]

"Ang panaginip ni Faraon ay iisa," ang sabi ni Jose, "ang gagawin ng Dios ay ipinahayag kay Faraon." Magkakaroon ng pitong taon ng lubhang kasaganahan. Ang mga parang at halamanan ay mamumunga ng marami na kailan man ay hindi pa nangyari. Ang panahong ito ay susundan ng pitong taon ng tag-gutom. "At ang kasaganaan ay hindi malalaman sa lupain, dahil sa tag-gutom na sumusunod; sapagkat magiging napakahigpit." Ang pag-uulit ng panaginip ay katunayang kapwa ang katiyakan at kalapitan ng katuparan. "Ngayon nga'y", kanyang itinuloy, "humanap si Faraon ng isang taong matalino at pantas, at ilagay sa lupain ng Ehipto. Gawing ganito ni Faraon, at maglagay ng mga tagapamahala sa lupain, na paglimahing bahagi ang lupain ng Ehipto sa loob ng pitong taon ng kasaganaan. At kanilang tipunin ang lahat ng pagkain nitong mabubuting taon na dumarating, at magkamalig ng trigo sa kapangyarihan ng kamay ni Faraon, na pinakapagkain sa mga bayan at ingatan. At ang pagkain ay kamaligin na ilaan sa lupain sa pitong taong kagutom na mangyayari sa lupain."

Ang paliwanag ay makatuwiran at di pabago-bago, at ang iminumungkahi noon ay mahusay, kung kaya't ang pagiging wasto noon ay di mapag-aalinlanganan. Subalit sino ang kinakailangang pagkatiwalaan ng pagpapatupad ng panukala? Nasa katalinuhan ng pagpiling ito nakasalalay ang kaligtasan ng bansa. Ang hari ay nabagabag. Sa loob ng ilang panahon ang bagay tungkol sa pagpili ay isinaalang-alang. Sa pamamagitan ng punong katiwala na nabatid ng hari ang katalinuhan at kahusayang ipinakita ni Jose sa pangangasiwa sa bilangguan; pinatutunayang siya ay may kahusayang di pangkaraniwan sa pangangasiwa. Ang tagapaghatid ng saro, na ngayon ay punong-puno ng pagsisisi sa sarili, ay nagsikap magbayad sa kanyang kawalan ng utang na loob, sa pamamagitan ng pinakamahusay na pagpuri sa tumulong sa kanya; at ang ibayo pang pag-uusisa ng hari ay nagpatunay sa katapatan ng kanyang sinabi. Sa buong kaharian si Jose ang nag-iisang tao na may kaloob na

karunungan upang maghayag ng panganib na nagbabanta sa kaharian at ng kinakailangang paghahanda upang iyon ay maharap; at ang hari ay naniniwala na siya ang pinaka handa upang ipatupad ang mga panukala na kanyang iminungkahi. Mapapatunayang ang
[261] kapangyarihan ng Dios ay sumasa kanya, at walang sino man sa mga tauhan ng kaharian ang handa upang pangasiwaan ang kalagayan ng bansa sa krisis na ito. Ang katotohanan na siya ay isang Hebreo at alipin ay maliit na bagay kung ihahambing sa kanyang karunungan at mahusay na kapasyahan. "Makasusumpong kaya tayo ng isang gaya nito, na taong kinakasihan ng Espiritu ng Dios?" ang wika ng hari sa kanyang mga tagapayo.

Ang pagpili ay ipinasya, at kay Jose ang kahanga-hangang pahayag ay isinaad, "Yamang ipinabatid sa iyo ng Dios ang lahat ng ito, ay walang matalino o pantas na gaya mo: ikaw ay magpuno sa aking bahay, at ayon sa iyong salita ay pamamahalaan mo ang aking buong bayan: sa luklukang hari lamang magiging mataas ako sa iyo." Ang hari ay nagpatuloy sa pagbibigay kay Jose ng tanda ng kanyang mataas na tungkulin. "At inalis ni Faraon sa kamay niya ang kanyang tandang singsing at inilagay sa kamay ni Jose, at siya'y sinuutan ng magandang lino at nilagyan siya ng isang kuwintas na ginto sa palibot ng kanyang leeg; at siya'y pinasakay niya sa ikalawang karro na tinatangkilik ni Faraon; at isinisigaw sa harapan niya, Lumuhod kayo."

"Ginawa niya siyang panginoon sa kanyang bahay, at pinuno sa lahat niyang pag-aari: upang talian ang kanyang mga pangulo sa kanyang kaligayahan, at turuan ang kanyang mga kasangguni ng karunungan." Mga Awit 105:21, 22. Mula sa kulungan si Jose ay itinaas upang maging pangulo sa buong lupain ng Ehipto. Yaon ay isang katungkulang may mataas na karangalan, subalit puno ng kahirapan at panganib. Walang sino man ang makatatayo sa gano'ng kataas na kalagayan na walang panganib. Kung paanong hindi sinasaktan ng malakas na hangin ang mababababang bulaklak sa mga lambak, samantalang binubunot ang matatayog na puno sa itaas ng bundok, gano'n din naman yaong mga nagpapatuloy sa kabutihan sa mababang uri ng pamumuhay ay maaaring mahila sa hukay sa pamamagitan ng mga tuksong humahampas sa pagtatagumpay at karangalang makasanlibutan. Subalit ang pagkatao ni Jose ay nagtagumpay sa pagsubok kapwa sa kahirapan at sa kasaganahan. Ang

gano'n ding pagtatapat sa Dios ay nahayag ng siya ay tumindig sa palasyo ng mga Faraon tulad noong siya ay nasa kulungan. Siya ay isa pa ring dayuhan sa isang lupain ng mga hindi sumasamba sa Dios, hiwalay sa kanyang mga kapatid, na mga sumasamba sa Dios; subalit lubos niyang pinaniniwalaan na ang Dios ang nangunguna sa kanya, at sa patuloy na pananalig sa Dios ay tapat niyang ginampanan ang kanyang mga tungkulin ng kanyang kalagayan. [262]
Sa pamamagitan ni Jose ay natawag ang pansin ng hari at ng mga dakilang tao ng Ehipto tungo sa tunay na Dios; at bagaman sila'y nanindigan sa kanilang pagsamba sa mga diyus-diyusan, natuto nilang igalang ang mga prinsipyong nahayag sa buhay at pagkatao ng sumasamba kay Jehova.

Paano si Jose nagkaroon ng gano'ng katatagan ng pagkatao, pagiging matuwid, at karunungan? —Sa kanyang pagkabata inuna niya ang tungkulin kaysa kanyang hilig; at ang pagiging matuwid, simpleng pagtitiwala, at marangal na likas ng kabataan ay nagbunga sa mga gawa ng kanyang pagkatao. Isang dalisay at simpleng buhay ang nagpabuti sa mahusay na paglago ng kapangyarihan ng kapwa pangangatawan at pag-iisip. Ang pakikiugnay sa Dios sa pamamagitan ng Kanyang mga gawa at ang pagmumuni-muni sa mga dakilang katotohanan na ipinagkatiwala sa mga tagapagmana ng pananampalataya ay nakapagpataas at nakapagparangal sa kanyang espirituwalidad, pinalawak at pinatibay ang pag-iisip sa paraang hindi magagawa ng ano mang pag-aaral. Ang tapat na pagharap sa gawain sa ano mang tungkulin, mula sa pinakamababa hanggang sa pinakamataas, ang siyang nagsanay sa bawat kapangyarihan para sa pinakamataas na paglilingkod. Siya na nabubuhay ayon sa kalooban ng Manlalalang ay kumukuha para sa kanyang sarili ng pinakawasto at pinakamarangal na pagpapalagong pagkatao. "Ang pagkatakot sa Dios ay siyang karunungan; at ang paghiwalay sa kasamaan ay pagkaunawa." Job 28:28.

Kakaunti ang nakababatid sa bunga ng maliliit na bagay sa paghubog ng pagkatao. Walang anuman na dapat nating gawin ang tunay na maliit. Ang iba't ibang pangyayari na ating nakakasalubong araw- araw ay iginayak upang subukin ang ating katapatan at upang ihanda tayo sa higit pang ipagkakatiwala sa atin. Sa pamamagitan ng pananatili sa prinsipyo sa paggawa ng mga karaniwang gawain, ang isip ay nasasanay upang hawakan ang mga pangangailangan ng

mga tungkuling higit sa layaw at kinahihiligan. Ang mga isip na nasanay ng gano'n ay hindi nanlulupaypay sa pagitan ng mabuti at masama, tulad ng damong humahapay sa hampas ng hangin; sila ay tapat sa tungkulin sapagkat kanilang sinanay ang kanilang sarili sa mga kasanayan ng pagtatapat at katotohanan. Sa pamamagitan ng pagiging tapat sa pinakamaliit na bagay sila ay nagkakaroon ng
[263] lakas upang maging tapat sa mas malalaking bagay.

Ang isang matuwid na pagkatao ay may higit na halaga kaysa ginto ng Ophir. Kung wala noon ay walang makapapanhik tungo sa isang marangal na pagiging makapangyarihan. Subalit ang pagkatao ay hindi namamana. Iyon ay hindi nabibili. Ang kahusayan ng pagkatao at kapinuhan ng pag-iisip ay hindi bunga ng pangyayaring hindi sinasadya. Ang mga pinakamahalagang kaloob ay walang halaga malibang sila ay mapagbuti. Ang pagkakaroon ng isang marangal na pagkatao ang gawaing pang habang buhay at kinakailangang maging bunga ng masikap at matiyagang paggawa. Ang Dios ay nagbibigay ng mga pagkakataon; ang pagtatagumpay ay nakasalalay
[264] sa paggamit sa mga iyon.

## Kabanata 21—Si Jose at ang Kanyang mga Kapatid

Ang kabanatang ito ay batay sa Genesis 41:54-56; 42 hanggang 50.

Sa pagpapasimula ng mga taon ng kasaganaan ay naganap ang paghahanda para sa dumarating na tag-gutom. Sa pamamahala ni Jose, malalaking mga kamalig ang itinayo sa mga bayan sa buong lupain ng Ehipto, at sapat na pag-aayos ay isinagawa upang maitabi ang mga lalabis sa inaasahang ani. Ang gano'ng pamamalakad ay ipinagpatuloy sa loob ng pitong taon ng kasaganahan, hanggang ang dami ng butil na naitabi ay hindi na masukat pa.

At ang pitong taon ng tag-gutom ay nagsimulang dumating, ayon sa inihayag ni Jose. "At nagkagutom sa lahat ng lupain; datapuwat sa buong lupain ng Ehipto ay may tinapay. At nang ang buong lupain ng Ehipto ay magutom, ay dumaing ng tinapay ang bayan kay Faraon: at sinabi ni Faraon sa lahat ng mga Ehipcio, Pumaroon kayo kay Jose; anoman ang kanyang sabihin sa inyo ay inyong gawin. At ang tag-gutom ay nasa ibabaw ng buong lupa: at binuksan ni Jose ang lahat ng kamalig at nagbili sa mga Ehipcio."

Ang kagutom ay nadama hanggang sa lupain ng Canaan at lub- hang nadama sa lugar na tinitirahan ni Jacob. Sa pagkarinig sa masa- ganang pagkakaloob ng pagkain na ginawa ng hari ng Ehipto, sampu sa mga anak ni Jacob ang naglakbay tungo doon upang bumili ng pagkain. Sa pagdating doon sila ay itinuro sa kinatawan ng hari, at kasama ng iba pang mamimili sila ay humarap sa pangulo ng lupain. At sila'y "nangagpatirapa sa kanya, na ang kanilang mga mukha ay pasubasob." Nakilala ni Jose ang kanyang mga kapatid, datapuwat hindi nila siya nakilala. Ang kanyang pangalang Hebreo ay pinalitan ng pangalang ibinigay sa kanya ng hari, at kaunti lamang ang pag- kakahawig ng punong ministro ng Ehipto sa payat na kanilang ipi- nagbili sa mga Israelita. Nang makita ni Jose ang kanyang mga kapatid na nakayuko at gumagalang, ang kanyang mga panaginip ay kanyang naalaala, at mga nangyari noong una ay malinaw na nagbalik sa kanya. Ang kanyang matalas na mga mata, sa pagmamasid

sa grupo, ay natuklasan na si Benjamin ay hindi nila kasama. Siya
[265] rin ba ay naging biktima ng taksil na kalupitan ng mga masasamang lalaking ito? Ipinasya niyang alamin ang katotohanan. "Kayo'y mga tiktik," ang mabagsik na salita niya; "upang tingnan ninyo ang kahu- baran ng lupain kaya kayo naparito."

Sila ay sumagot, "Hindi panginoon ko, kundi ang iyong mga lingkod ay nagsiparito upang bumili ng pagkain. Kaming lahat ay anak ng isa lamang na lalaki; kami ay mga taong tapat, ang iyong mga lingkod ay hindi mga tiktik." Ninais niyang malaman kung taglay pa rin ang dating mapanghamak na espiritu nang siya ay kasama pa nila, at magkaroon pa ng karagdagang impormasyon tungkol sa kanilang tahanan; gano'n pa man alam niya kung gaano kasinungaling ang kanilang sasabihin. Inulit niya ang kanyang paratang, at sila'y sumagot, "Kaming iyong mga lingkod ay labing dalawang magkakapatid, na mga anak ng isa lamang na lalaki sa lupain ng Canaan; at, narito, ang bunso ay nasa aming ama ngayon, at ang isa'y wala na."

Sa pagpapahayag na nagdududa sa kanilang salaysay, at upang kilalanin pa rin sila bilang mga tiktik, inihayag ng gobernador na kanyang susubukin sila, sa pamamagitan ng pag-uutos na sila'y manatili sa Ehipto hanggang sa ang isa sa kanila ay makahayo at makuha ang bunso nilang kapatid. Kung sila ay hindi sasang-ayon dito, sila ay pakikitunguhan bilang mga tiktik. Subalit sa gano'ng kasunduan ang mga anak ni Jacob ay hindi makakasang-ayon, sapagkat ang panahong kakailanganin upang iyon ay maisakatuparan ay magiging sanhi upang ang kanilang mga sambahayan ay mahirapan sa kawalan ng pagkain; at sino sa kanila ang makapaglalakbay na mag- isa samantalang ang kanyang mga kapatid ay maiiwan sa bilangguan? Paano siya makahaharap sa kanyang ama sa gano'ng kalagayan? Nag- mukhang malamang na sila'y ipapatay o gawing mga alipin; at kung si Benjamin ay makuha, maaaring iyon ay upang makasama lamang nila. Ipinasya nilang manatili at sama-samang magdusa, kaysa mag- dagdag ng kapanglawan sa kanilang ama sa pamamagitan ng pagka- wala ng isa na lamang na natitira niyang anak. Dahil doon sila ay inilagay sa bilangguan, kung saan sila ay nanatili sa loob ng tatlong araw.

Mula noong mga taong si Jose ay mawalay sa kanyang mga kapatid, ang mga anak na ito ni Jacob ay nagbago na ang pagkatao.

Dati'y mainggitin, magugulo, mandaraya, malulupit, at mapaghiganti; subalit ngayon, sa ilalim ng pagsubok, sila'y napatunayang [266] hindi makasarili, tapat sa isa't isa, nagmamahal sa kanilang ama, at, sila bagaman mga may edad na, ay nasa ilalim ng kanyang kapamahalaan.

Ang tatlong araw sa bilangguan ng mga Ehipcio ay mga araw ng mapait na kalungkutan samantalang inaalala ng magkakapatid ang kanilang mga nakalipas na kasalanan. Hanggang hindi nila maipapa- kita si Benjamin ang paratang na sila'y mga tiktik ay tama, at hindi sila lubos na makaaasang ipapahintulot ng kanilang ama na si Benjamin ay mawala. Nang ikatlong araw ay ipinaharap ni Jose ang kanyang mga kapatid sa kanya. Hindi niya magagawang tagalan pa ang pagkakakulong sa kanila. Maaaring nagugutom na ang kanyang ama at ang mga pamilyang kasama niya. "Gawin ninyo ito at ma- ngabuhay kayo," wika niya; "sapagkat natatakot ako sa Dios; Kung kayo'y mga taong tapat, ay matira ang isa sa inyong magkakapatid na bilanggo sa bahay na pinagbilangguan sa inyo: datapwat kayo'y yu- maon, magdala kayo ng trigo dahil sa tag-gutom sa inyong mga bahay: at dalhin ninyo sa akin ang inyong kapatid na bunso; sa ganito'y mapatotohanan ang inyong mga salita, at hindi kayo ma- ngamamatay." Tinanggap nila ang alok na ito, bagaman naghahayag ng maliit na pag-asa na ipahihintulot ng kanilang ama na si Benjamin ay sumama sa kanila pagbalik. Si Jose ay nakikipag-ugnay sa kanila sa pamamagitan ng isang tagasalin ng wika, at sa hindi pagkaalam na sila ay nauunawaan ng gobernador, sila ay malayang nag-ugnayan sa harap niya. Sinisi nila ang kanilang mga sarili tungkol sa ginawa nila kay Jose: "Katotohanang tayo'y salarin tungkol sa ating kapatid, sapagkat nakita natin ang kahapisan ng kanyang kaluluwa, nang namamanhik sa atin, at hindi natin siya dininig; kaya't dumarating sa atin ang kahapisang ito." Si Ruben, na nagpanukalang iligtas siya sa Dotan, ay nagdagdag, "Di ba nagsalita ako sa inyo, na aking sinasabi, huwag kayong magkasala laban sa bata; at ayaw kayong makinig? kaya naman, narito, ang kanyang dugo ay nagsasakdal." Si Jose, sa pakikinig, ay hindi mapigil ang kanyang damdamin, at siya ay lumabas at umiyak. Nang siya ay magbalik iniutos niya na si Simeon ay talian sa harap nila at muling ilagay sa kulungan. Sa malupit na ginawa sa kanilang kapatid, si

Simeon ang naging pasimuno, pinaka-aktibo sa lahat, at ito ang dahilan kung bakit siya ang napili.

Bago pinaalis ang kanyang mga kapatid, iniutos ni Jose na sila ay bigyan ng trigo, at ang salapi ng bawat isa ay lihim na ilagay
[267] sa labi ng kanilang mga sako. Binigyan din sila ng pagkain para sa mga hayop sa kanilang paglalakbay. Sa daan ang isa sa kanila, sa pagbubu- kas ng kanyang sako, ay nagulat ng kanyang makita ang kanyang supot ng pilak. Nang ipabatid niya ito sa iba, sila ay nabahala at nangatakot, at sinabi sa isa't isa, "Ano itong ginawa ng Dios sa atin?"—kanila bang ituturing iyon bilang mabuting kaloob mula sa Panginoon, o Kanyang ipinahintulot na mangyari iyon upang sila ay parusahan para sa kanilang mga kasalanan at ihulog sila sa ibayo pang kahirapan? Kanilang tinanggap na nakita ng Dios ang kanilang mga kasalanan, at ngayon sila ay pinarurusahan Niya.

Si Jacob ay di mapalagay sa paghihintay sa pagbalik ng kanyang mga anak, at sa kanilang pagdating ang buong kampamento ay natipon sa paligid nila samantalang kanilang isinasaysay sa kanilang ama ang lahat ng nangyari. Takot at pagkabahala ang napasa bawat puso. Ang ginawa ng gobernador ng Ehipto ay tila nagbabadya ng masamang panukala, at ang kanilang mga pangamba ay napagtibay nang, sa pagbubukas nila ng kanilang mga sako, ang kanya-kanyang salapi ay nasumpungan sa bawat sako. Sa kanyang pagkalito ay nagsalita ang matandang ama, "Inalis na ninyo sa akin ang aking mga anak: si Jose ay wala, at si Simeon ay wala, at aalisin pa ninyo si Benjamin: lahat ng bagay na ito'y laban sa akin." Si Ruben ay sumagot, "Ipapatay mo ang aking dalawang anak kung siya'y hindi ko dalhin sa iyo: ibigay mo sa aking kamay, at siya'y aking ibabalik sa iyo." Ang padalos- dalos na pananalitang ito ay hindi nakapagpatahimik sa isip ni Jacob. Ang kanyang tugon ay, "Hindi yayaon ang aking anak na kasama ninyo; sapagkat ang kanyang kapatid ay patay na, at siya lamang ang natitira: kung mangyayari sa kanya ang anomang kapahamakan sa daan na inyong paroroonan, ay pababain nga ninyo ang aking mga uban sa Sheol na may kapanglawan."

Subalit ang tag-gutom ay nagpatuloy, at sa paglakad ng panahon ang pagkaing nabili sa Ehipto ay malapit nang maubos. Alam na alam ng mga anak ni Jacob na sila ay hindi makababalik sa Ehipto na hindi kasama si Benjamin. Hindi sila ganap na makaaasa na mababago pa nila ang kapasyahan ng kanilang ama, at hinintay nilang maha-

rap ang bagay na iyon sa pamamagitan ng pananahimik. Lumala ng lumala ang anino ng dumarating na tag-gutom; sa nagugulumihanang mukha ng lahat ng mga nasa kampamento nabasa ng matanda ang kanilang pangangailangan; sa wakas ay kanyang sinabi, "Kayo'y pu- maroon muli, ibili ninyo tayo ng kaunting pagkain." [268]

Si Juda ay sumagot, "Ipinahayag sa aming mahigpit ng lalaking yaon, hindi ninyo makikita ang aking mukha, maliban na isama ninyo ang inyong kapatid. Kung pasasamahin mo sa amin ang aming kapatid, ay bababa kami, at ibibili ka namin ng pagkain. Datapwat kung hindi mo paparoroonin ay hindi kami bababa: sapagkat sinabi sa amin ng lalaking yaon, Hindi ninyo makikita ang aking mukha, malibang kasama ninyo ang inyong kapatid." Nang makitang ang kapasyahan ng kanyang ama ay nagsisimulang mabago, ay kanyang idinagdag, "Pasasamahin mo sa akin ang bata at kami ay magsisitindig at magsisiyaon; upang tayo'y mabuhay at huwag mamatay, kami, at ikaw, at gayon din ang aming mga anak;" at nag-alok na siya ang mananagot para sa kanyang kapatid at siya ay sisihin magpakailan- man kung hindi niya maibabalik si Benjamin sa kanyang ama.

Hindi na maitanggi ni Jacob ang kanyang pahintulot, at inutusan niya ang kanyang mga anak upang maghanda para sa paglalakbay. Pinapagdala rin niya sila para sa pinuno ng mga kaloob na makakayanan ng isang lugar na salanta ng tag-gutom—"kaunting balsamo at kaunting pulot, pabango, at mirra, mga pila at almendras," gano'n din ng dobleng halaga ng salapi. "Dalhin din ninyo ang inyong kapatid," wika niya "at magtindig kayo at pumaroon kayong muli sa lalaking yaon." Nang ang kanyang mga anak ay malapit nang umalis para sa kanilang walang katiyakang paglalakbay ang matandang ama ay tumindig, at itinaas ang kanyang mga kamay sa langit, na nanalangin, "Pagkalooban nawa kayo ng Dios na Makapangyarihan sa lahat ng kaawaan sa harap ng lalaking yaon, upang isauli sa inyo ang inyong isang kapatid, at si Benjamin. At kung mawalan ako ng mga anak, ay mawalan ako."

Muli silang naglakbay tungo sa Ehipto at humarap kay Jose. Nang makita niya si Benjamin, ang anak ng sarili niyang ina, siya ay lub- hang nakilos. Ikinubli niya ang kanyang damdamin, gano'n pa man, at iniutos na sila ay dalhin sa kanyang bahay, at maghanda upang sila ay makakaing kasalo niya. Nang ihatid sa palasyo ng

gobernador, ang magkakapatid ay lubhang nabahala, nangangamba na baka sila tanungin tungkol sa salapi na nasumpungan sa kanilang mga sako. Kanilang inisip na maaaring iyon ay sadyang inilagay doon upang magkaroon ng dahilan upang sila ay gawing mga alipin. Sa kanilang pagkabahala ay tinanong nila ang katiwala ng bahay,
[269] na isinaysay sa kanya ang mga pangyayari tungkol sa kanilang pagtungo sa Ehipto; at bilang katibayan ng kanilang kawalan ng kasalanan ay sinabi sa kanya na dala nilang muli ang salapi na nasumpungan sa kanilang mga sako, at karagdagang salapi upang ibili ng pagkain; at kanilang idinagdag, "Hindi namin nalalaman kung sino ang naglagay ng aming salapi sa aming mga bayong." Ang lalaki ay sumagot, "Mapayapa kayo; huwag kayong matakot, ang Dios ninyo at ang Dios ng inyong ama ang nagbigay sa inyo ng kayamanang natatago sa inyong mga bayong: tinanggap ko ang inyong salapi." Ang kanilang pagka balisa ay naibsan, at nang si Simeon, na pinalabas na sa kulungan, ay kasama na nila, kanilang nadama na tunay na ang Dios ay naging mapagbiyaya sa kanila.

Nang ang gobernador ay muling humarap sa kanila ay kanilang ibinigay ang kanilang mga kaloob at mapagpakumbabang "nagpatirapa sa harap niya." Ang kanyang panaginip ay muli niyang naalaala, at matapos na mabati ang kanyang mga panauhin ay kaagad niyang itinanong, "Wala bang salat ang inyong ama, ang matanda na inyong sinalita? buhay pa ba?" "Walang salat ang iyong lingkod na aming ama, buhay pa," ang tugon, samantalang muli silang nagsi- yukud. At kanyang nakita si Benjamin, at kanyang sinabi, "Ito ba ang inyong kapatid na bunso, na inyong sinalita sa akin?" "Pagpalain ka nawa ng Dios anak ko;" datapwat nang hindi na niya madala ang kanyang nadadama, ay wala na siyang masabi pa. "At pumasok sa kanyang silid at umiyak doon."

Nang muling makayanan ang kanyang sarili, siya ay bumalik, at ang lahat ay dumulog sa hapag kainan. Sang-ayon sa mga batas tungkol sa kalagayan sa lipunan ang mga Ehipcio ay pinagbabawa- lang kumain na kasalo ng mga taga ibang bansa. Kung kaya't ang mga anak ni Jacob ay may nakabukod na lamesa para sa kanila, samantalang ang gobernador, dahilan sa kanyang mataas na tungkulin, ang kumaing mag-isa, at ang mga Ehipcio ay mayroon ding bukod na mga lamesa. Nang ang lahat ay mapaupo ang mga magkakapatid ay namangha nang makita na sila ay nasa ganap na

kaayu- san, ayon sa kanilang edad. "At sila'y idinampot ni Jose sa harap niya ng mga ulam;" subalit ang kay Benjamin ay limang ulit na mas marami kaysa kanila. Sa pamamagitan ng ganitong pagkalugod kay Benjamin ay inasahan niyang matiyak kung ang pinakabunsong kapatid ay kanilang pinakikitunguhan na may inggit at galit na gaya ng naging pakitungo sa kanya noon. Patuloy pa [270]
ring inaakala na hindi ni Jose naiintindihan ang kanilang wika, ang magkakapatid ay malayang nag-usap sa isa't isa; kung kaya't siya ay nagkaroon ng magandang pagkakataon upang malaman ang tunay nilang damdamin. Ninais niyang subukin pa sila ng husto, at bago sila umalis kanyang iniutos na ang sarili niyang iniinumang saro na yari sa pilak ay itago sa sako ng pinaka bunso.

Sila ay masayang humayo sa kanilang pag-uwi. Kasama nila si Simeon at si Benjamin, ang kanilang mga hayop ay may mga kargang trigo, at nadadama ng lahat na kanila nang natakasan ang mga panganib na tila nakapalibot sa kanila. Subalit bahagya pa lamang silang nakararating sa labas ng lungsod nang sila ay abutan ng lingkod ng gobernador na nagtanong sa kanila sa isang nakasasakit na paraan, "Bakit iginanti ninyo ang kasamaan sa kabutihan? Hindi ba ang sarong ito ang iniinuman ng aking panginoon, at tunay na kanyang ipinanghuhula? Kayo'y gumawa ng masama sa paggawa ng ganyan." Ang sarong ito ay ipinagpapalagay na may kapangyarihan upang mabatid ang ano mang nakalalasong bagay na inilalagay doon. Noong mga panahong iyon ang ganitong uri ng saro ay lubhang pinahahalagahan bilang pananggalang laban sa pagpatay sa pamamagitan ng paglalason.

Sa bintang ng katiwala ang mga manlalakbay ay tumugon, "Bakit sinalita ng aking panginoon ang mga salitang ito? Huwag itulot ng Dios na gumawa ang iyong mga lingkod ng ganyang bagay. Narito, ang salapi na aming nasumpungan sa labi ng aming mga bayong ay aming isinauli sa iyo mula sa lupain ng Canaan: paano ngang kami ay magnanakaw sa bahay ng iyong panginoon ng pilak o ginto? Yaong kasumpungan sa iyong mga lingkod, ay mamatay, at pati kami ay magiging alipin ng aming panginoon."

"Mangyari nga ang ayon sa inyong mga salita," wika ng katiwala; "yaong kasumpungan ay magiging aking alipin; at kayo'y mawawalan ng sala."

Kaagad sinimulan ang paghahanap. "Nagmadali sila, at ibinaba ng bawat isa ang kanyang bayong sa lupa," at siniyasat ng katiwala ang bawat isa, simula sa bayong ni Ruben, at kinukuhang sunod-sunod hanggang sa pinakabunso. Sa bayong ni Benjamin nasumpungan ang saro.

[271] Hinapak ng magkakapatid ang kanilang mga damit bilang tanda ng kanilang kasawiang palad, at marahang nagbalik sa lungsod. Sa pamamagitan ng sarili nilang pangako si Benjamin ay parurusahan ng habang-buhay na pagkaalipin. Sinundan nila ang katiwala hanggang sa palasyo, at nang makita nila na ang gobernador ay naroon pa, sila ay nagpatirapa sa harap niya. "Anong gawa itong inyong ginawa?" wika niya, "hindi ba ninyo nalalaman na ang isang tao na gaya ko ay tunay na makahuhula?" Si Jose ay gumawa ng paraan upang kanilang tanggapin ang kanilang kasalanan. Kailan man ay hindi niya inangkin na siya'y nakapanghuhula, subalit handa siyang papaniwalain sila na kanyang nababasa ang mga lihim ng kanilang mga buhay.

Si Juda ay sumagot, "Anong aming sasabihin sa aming panginoon? o paanong kami ay magpapatotoo? Inilitaw ng Dios ang kasamaan ng iyong mga lingkod: narito, kami ay alipin ng aming panginoon, kami sampu niyaong kinasumpungan ng saro."

"Huwag nawang itulot ng Dios na ako'y gumawa ng ganyan," ang tugon: "ang taong kinasumpungan ng saro, ay siyang magiging aking alipin; datapwat tungkol sa inyo ay pumaroon kayong payapa sa inyong ama."

Sa kanyang lubhang pagkabahala si Juda ngayon ay lumapit sa pangulo at nagsabi, "Oh panginoon ko, ipinamamanhik ko sa iyo na papagsalitain ang iyong lingkod, ng isang salita sa mga pakinig ng aking panginoon, at huwag nawang mag-alab ang iyong loob laban sa iyong lingkod: sapagkat ikaw ay parang si Faraon." Sa mga pana- nalitang may nakakakilos na kahusayan ay inilarawan niya ang ka- panglawan ng kanyang ama sa pagkawala ni Jose at ang kanyang pag-aatubili upang pahintulutan si Benjamin na sumama sa kanila sa Ehipto, sapagkat siya na lamang ang natitirang anak ng kanyang ina na si Raquel, na mahal na mahal ni Jacob. "Ngayon nga'y," sabi niya, "Kung ako'y dumating sa iyong lingkod na aking ama, at ang bata ay hindi namin kasama; sapagkat ang kanyang buhay ay natatali sa buhay ng batang iyan; ay mangyayari nga na

pagka kanyang nakitang ang bata ay di namin kasama; ay mamatay siya: at ibaba sa Sheol na may kapanglawan ng iyong lingkod ang mga uban ng iyong lingkod na aming ama. Sapagkat ang iyong lingkod ang siyang nanagot sa bata sa aking ama, na nagsasabi, Kung hindi ko siya dalhin sa iyo, ay papasanin ko nga ang kasalanan sa aking ama magpakailan man. Ngayon nga, ay ipahintulot mo na ang iyong lingkod, aking isinasa- mo sa iyo, ay maiwan na kahalili [272]
ng bata na pinakaalipin ng aking panginoon; at iyong ipahintulot na ang bata ay umahong kasama ng kanyang mga kapatid. Sapagkat paanong paroroon ako sa aking ama, at ang bata ay di ko kasama? Baka aking makita pa ang sakunang sasapit sa aking ama."

Si Jose ay nasiyahan. Nakita niya sa kanyang mga kapatid ang mga bunga ng tunay na pagsisisi. Nang marinig niya ang marangal na alok ni Juda ay iniutos niya na ang lahat ng mga tao ay umalis liban sa mga lalaking iyon; at, sa malakas na pag-iyak, ay kanyang sinabi, "Ako'y si Jose; buhay pa ba ang aking ama?"

Ang kanyang mga kapatid ay hindi nakakibo, hindi makaimik sa takot at pagkamangha. Ang pangulo ng Ehipto ay ang kanilang kapatid na si Jose, na kanilang kinainggitan at muntik nang map-atay, at sa huli'y ipinagbili bilang alipin! Ang lahat ng masama nilang ginawa sa kanya ay kanilang naalaala. Kanilang naalaala kung paanong hindi nila pinaniwalaan ang kanyang mga panaginip at sinikap na mahad- langan ang pagsasakatuparan ng mga iyon. Gano'n pa man ay kanilang nagampanan ang kanilang bahagi sa pagsasakatuparan ng mga iyon; at ngayong sila ay pawang nasa ilalim ng kanyang kapangyarihan ay kanyang tiyak, na paghihigan-tihan ang kasamaang kanyang dinanas.

Sa pagkakita sa kanilang pagkabalisa, ay sinabi niya ng may kaa-muan, "Lumapit kayo sa akin, isinasamo ko sa inyo;" at samantalang sila'y nagsisilapit, siya ay nagpatuloy, "Ako'y si Jose na inyong kapatid, na inyong ipinagbili upang dalhin sa Ehipto. At ngayo'y huwag kayong magdalamhati, o magalit man sa inyong sarili na inyo akong ipinagbili rito: sapagkat sinugo ako ng Dios sa unahan ninyo upang mangalaga ng buhay." Sa pagkadamang sila'y naghirap na ng sapat para sa kanilang kalupitan sa kanya, ay marangal niyang sinikap alisin ang kanilang mga pagkatakot at bawasan ang kapaitan ng kanilang pagsisisi sa sarili.

"Sapagkat may dalawang taon nang," kanyang itinuloy, "ang kagu- tom ay nasa lupain; at may limang taon pang hindi magkakaroon ng pagbubukid, o pag-aani man. At sinugo ako ng Dios sa unahan ninyo upang panatilihin kayong buhay sa pamamagitan ng dakilang pagliligtas. Hindi nga kayo ang nagsugo sa akin dito, kundi ang Dios: at Kanya akong ginawang ama kay Faraon, at panginoon sa buo niyang bahay, at tagapamahala ng buong lupain ng Ehipto.
[273] Magmadali kayo, at pumaroon kayo sa aking ama, at sabihin ninyo sa kanya: Ganito ang sabi ng iyong anak na si Jose: Ginawa akong panginoon ng Dios sa buong Ehipto: pumarito ka sa akin, ikaw at ang iyong mga anak, at ang iyong mga kawan, at ang iyong mga bakahan, at ang iyong buong tinatangkilik. At doo'y kakandilihin kita; sapagkat may limang taong tag-gutom pa: baka ikaw ay madukha, ikaw at ang iyong sambahayan, at ang lahat ng iyo. At, narito, nakikita ng inyong mga mata ng aking kapatid na si Benjamin, na ang aking bibig ang nagsalita sa inyo." "At siya'y humilig sa leeg ng kanyang kapatid, at umiyak sa kanila: at pagkatapos ay nalapagsalitaan sa kanya ang kanyang mga kapatid." May pagpapakumbaba nilang inihayag ang kanilang kasalanan at hiniling ang kanyang pagpapatawad. Matagal silang nagdusa sa kalungkutan at mataos na pagsisisi, at ngayon sila ay nagalak sapagkat siya ay buhay pa.

Ang balita tungkol sa nangyari ay mabilis na dinala sa hari, na, sa kasabikang makapagpahayag ng kanyang pagpapasalamat kay Jose, ay pinagtibay ang paanyaya ng gobernador sa kanyang sambahayan, at nagsabi, "Ang buti ng buong lupain ng Ehipto ay inyo." Ang magkakapatid ay pinahayong sagana sa pagkain at mga kariton at lahat ng kailangan para sa paglipat ng kanilang mga sambahayan at mga katulong sa Ehipto. Kay Benjamin, si Jose ay nagbigay ng higit na mga kaloob kaysa sa iba. At sa pangambang baka magkaroon sila ng alitan sa daan, ay sinabihan niya sila, samantalang sila ay malapit nang umalis, ng tagubilin, "Huwag kayong magkaaalit sa daan."

Ang mga anak ni Jacob ay nagbalik sa kanilang ama na may masa- sayang mga balita, "Si Jose ay buhay pa, at siya'y puno sa buong lupain ng Ehipto." Sa simula ang matanda ay lubhang nabigla; hindi niya mapaniwalaan ang kanyang nadinig; subalit nang kanyang ma- kita ang mahabang pila ng mga kariton at mga

hayop na maraming dala, at nang si Benjamin ay nasa piling na niyang muli, siya ay naniwala, at sa kanyang ganap na kagalakan ay kanyang sinabi, "Siya na; si Jose na aking anak ay buhay pa: ako'y paroroon at titingnan ko siya, bago ako mamatay."

Isa pang pagpapakumbaba ang nalalabi para sa sampung magkakapatid. Kaniia ngayong ipinagtapat ang panlilinlang at kalupitan na sa loob ng maraming mga taon ay nagpapait sa kanyang buhay gano'n din sa kanila. Hindi sila pinag-isipan ni Jacob ng gano'n kalalang kasalanan, subalit kanyang nakita na ang lahat ay nangyari para sa ikabubuti, at kanyang pinatawad at binasbasan ang [274]
lahat ng mga nagkasala niyang mga anak.

Ang ama at ang kanyang mga anak, kasama ng kanilang mga pamilya, mga tupa at baka, at maraming mga katulong, ay naglalakbay na agad patungo sa Ehipto. Sila ay naglakbay na may kagalakan ng puso, at nang sila'y makarating sa Beer-seba ang patriarka ay nagkaloob ng mga handog ng pasasalamat at humiling ng katiyakan sa Panginoon na Siya ay sasama sa kanila. Sa isang banal na pangitain sa gabi ang salita ng Dios ay sumakanya: "Huwag kang matakot na bumaba sa Ehipto; sapagkat doo'y gagawin kitang isang dakilang bansa. Ako'y bababang kasama mo sa Ehipto; at tunay na iaahon kita uli."

Ang katiyakang, "Huwag kang matakot na bumaba sa Ehipto; sapagkat doo'y gagawin kitang isang dakilang bansa," ay makahulugan. Ang pangako ay naibigay kay Abraham tungkol sa angkang sindami ng mga bituin, subalit ang piniling bayan ay mabagal pa ang nagi- ging pagdami. At ang lupain ng Canaan ay walang gano'ng lugar para sa pag-unlad ng gano'ng bansa gaya ng inihula. Iyon ay nasasa- kupan ng malalakas na tribong hindi sumasampalataya sa Dios, at hindi maaaring maisalin hanggang sa "ikaapat na henerasyon." Kung ang mga anak ni Israel ay dito dadami, kakailanganing paalisin nila ang mga naninirahan sa lupain o di kaya'y pangalatin ang kanilang sarili sa kanila. Ang una, ayon sa tagubilin ng Dios, ay hindi nila maaaring gawin; at kung sila'y makikihalubilo sa mga Canaanita, baka naman sila maakit na sumamba sa mga diyus-diyusan. Sa Ehipto, gano'n pa man, ay naroon ang mga kundisyong kailangan upang matupad ang panukala ng Dios. Isang bahagi ng bansa na natutubigan ng husto at mataba ang lupa ay bukas para sa kanila doon, makapagbibigay ng lahat ng kailangan para sa

mabilis na pagla- go. At ang antipatya na kanilang makakatagpo sa Ehipto dahil sa kanilang hanapbuhay—sapagkat ang bawat pastol ay "kasuklam-suk- lam sa mga Ehipcio"—ay magpapahintulot upang sila'y manatiling isang kakaiba at bukod na bayan at maghihiwalay sa kanila sa pakiki- lahok sa pagsamba sa diyus-diyusan sa Ehipto.

Sa pagdating sa Ehipto ang grupo ay nagtuloy sa lupain ng Goshen. At naparoon ni Jose sakay sa kanyang karo ng kaharian, kasama ang mga dama ng isang prinsipe. Ang karilagan ng nakapali-
[275] bot sa kanya at ang karangalan ng kanyang posisyon ay kapwa kinalimutan; isang isipan lamang ang nakakapuno sa kanya, isa lamang ang inaasam-asam ng kanyang puso. At samantalang nakikita niya ang mga manlalakbay na dumarating, ang pagmamahal na sa loob ng mahabang panahon ay napipigilan, ay hindi na makokontrol. Siya ay bumaba sa kanyang karo at nagmadali upang salubungin ang kanyang ama. "At yumakap sa kanyang leeg, at umiyak sa kanyang leeg na matagal. At sinabi ni Israel kay Jose, ngayo'y mamatay na ako yamang nakita ko na ang iyong mukha, na ikaw ay buhay pa."

Isinama ni Jose ang lima na kanyang mga kapatid upang iharap kay Faraon at tanggapin mula sa kanya ang kaloob na lupa na magiging tahanan nila sa hinaharap. Ang pagpapasalamat sa kanyang punong ministro ay nag-udyok sana sa hari upang parangalan sila sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng tungkulin sa kaharian; subalit si Jose, sa kanyang katapatan sa pagsamba kay Jehova, ay gumawa ng paraan upang iligtas sila mula sa mga tukso na kanilang makakaharap sa isang palasyo ng mga hindi sumasampalataya sa Dios; kung kaya't pinayuhan niya sila, na kung sila'y tatanungin ng hari, ay ipagtapat nila kung ano ang kanilang hanapbuhay. Ang mga anak ni Jacob ay sumunod sa kanyang ipinayo, at maingat na nagsabi na sila'y maninirahang pansamantala sa lupain, at hindi maninirahan doon ng habang panahon, sa gano'ng paraan ay iniingatan ang kara- patang umalis kung kanilang nanaisin. Ang hari ay nagkaloob ng kanilang matitirahan sa "pinakamabuti sa lupain" ang lugar ng Goshen.

Di pa nagtatagal mula nang sila'y dumating ay isinama rin ni Jose ang kanyang ama upang maiharap sa hari. Ang patriarka ay hindi sanay sa mga palasyo ng hari; subalit sa marilag na tanawin ng kalikasan ay nakikipag-ugnay siya sa isang mas makapangyarihang Hari;

at ngayon, sa nadaramang kahigitan, at itinaas niya ang kanyang mga kamay at binasbasan si Faraon.

Sa kanyang unang pagbati kay Jose, si Jacob ay nagsalita na tila, sa masayang wakas na ito ng mahaba niyang pag-aalaala at kalungkutan, siya ay handa nang mamatay. Subalit labing pitong taon pa ang idadagdag sa kanya sa mapayapang pahingahan ng Goshen. Ang mga taong ito ay naging masaya di tulad ng mga sinundang mga taon. Nakita niya sa kanyang mga anak ang tunay na pagsisisi; nakita niya ang kanyang sambahayan na napapaligiran ng lahat ng kundis- yon upang maging isang dakilang bansa; at nang-
hawak ang kanyang pananampalataya sa tiyak na pangako tungkol sa [276]
kanilang pagkatatag sa Canaan. Siya mismo ay napapaligiran ng lahat ng naghahayag na pagmamahal at kaluguran na naipagkakaloob ng punong ministro ng Ehipto; at masaya sa piling ng kanyang anak na matagal na nawala, marahan at mapayapa siyang namatay.

Samantalang nadadama niyang ang kamatayan ay nalalapit na, ay ipinatawag niya si Jose. Mahigpit pa ring nanghahawak sa pangako ng Dios tungkol sa paninirahan sa Canaan, ay sinabi niya, "Isinasamo ko sa iyo huwag mo akong ilibing sa Ehipto: kundi pagtuloy kong kasama ng aking mga magulang ay dadalhin mo ako mula sa Ehipto, at ililibing mo ako sa kanilang libingan." Si Jose ay nangako na gano'n ang gagawin, subalit si Jacob ay hindi nasiyahan; siya ay nagpasumpa ng isang banal na panunumpa na siya'y ililibing sa piling ng kanyang mga ama sa yungib ng Machpela.

Isa pang mahalagang bagay ang kinakailangang mapag-ukulan ng pansin; ang mga anak ni Jose ay kinakailangang pormal na maibilang sa mga anak ni Israel. Isinama ni Jose, sa kanyang huling pakikipag- usap sa kanyang ama, si Ephraim at si Manases. Ang mga kabataang ito ay kaugnay, sa pamamagitan ng kanilang ina, sa pinakamataas na uri ng pagkasaserdote ng mga Ehipcio; at ang posisyon ng kanilang ama ay nagbubukas sa kanila ng mga landas tungo sa kayamanan at katanyagan, kung kanilang pipiliin ang makabilang sa mga Ehipcio. Nais ni Jose, gano'n pa man, na sila'y mapaugnay sa sarili niyang bayan. Inihayag niya ang kanyang pananampalataya sa pangako ng tipan, alang-alang sa kanyang mga anak ay tinalikuran ang lahat ng karangalang iniaalok ng palasyo ng mga Ehipcio, upang magkaroon ng lugar sa mga itinakwil na tribo ng mga pastor, na pinagkatiwalaan ng mga utos ng Dios.

Ang wika ni Jacob, "Ang iyo ngang dalawang anak na ipinanganak sa iyo sa lupain ng Ehipto bago ako naparito sa iyo sa Ehipto, ay akin; si Ephraim at si Manases, gaya ni Ruben at ni Simeon ay magiging akin." Sila ay mabibilang na kanyang mga anak, at mga ulo ng bukod na mga tribo. Kung kaya't ang isa sa mga karapatan ng pagkapanganay na hindi na maaaring mapa kay Ruben, ay mapapa kay Jose—dalawang bahagi sa Israel.

Ang mga mata ni Jacob ay malabo na dahilan sa edad, at hindi niya agad napansin ang dalawa; subalit ngayon nang sila'y maaninagan, ang kanyang sinabi, "Sino-sino ito?" Nang masabi sa kanya,
[277] ay idi- nagdag niya, "Isinasamo ko sa iyo, na iyong dalhin sila rito sa akin, at sila'y aking babasbasan." Nang sila ay lumapit, sila ay yinakap at hinagkan ng patriarka, at marahang inilagay ang kanyang mga kamay sa kanilang ulo upang sila ay basbasan. At binigkas niya ang dalangin, "Ang Dios na sa harap niya ay lumakad ang aking mga magulang na si Abraham at si Isaac, ang Dios na nagpakain sa akin sa buong buhay ko hanggang sa araw na ito, ang anghel na tumubos sa akin sa buong kasamaan, ay siya nawang magpala sa mga batang ito." Walang espiritu ng pagtitiwala sa sarili, walang pagtitiwala sa kapangyarihan o kagalingan ng tao ngayon. Ang Dios ang naging tagapag- ingat at saklolo niya. Walang reklamo tungkol sa masasamang mga araw na nakalipas. Ang mga pagsubok at kalungkutan ay hindi na itinuring bilang mga bagay na "laban" sa kanya. Inalala lamang ang Kanyang kahabagan at mapagmahal na kabutihan na suma kanya sa buong panahon ng kanyang paglalakbay.

Ang pagbabasbas ay natapos, binigyan ni Jacob ang kanyang anak ng katiyakan—iniiwan para sa mga henerasyong darating, sa ma- habang panahon ng pagkaalipin at kalungkutan, ang patotoong ito tungkol sa kanyang pananampalataya—"Narito, ako'y mamamatay; ngunit ang Dios ay sasainyo, at dadalhin kayo uli sa lupain ng inyong mga magulang."

Sa huli ang lahat ng mga anak ni Jacob ay tinipon sa paligid ng banig na kanyang kamatayan. At tinawag ni Jacob ang kanyang mga anak, at sinabi, "Magpipisan kayo at kayo'y makinig, kayong mga anak ni Jacob; at inyong pakinggan si Israel na inyong ama." "Upang maisaysay ko sa inyo ang mangyayari sa inyo sa mga huling araw." Malimit sa pag-aalala ay pinag-isipan niya ang kanilang hinaharap, at sinikap na ilarawan para sa kanyang sarili ang kasaysayan ng iba't

ibang mga tribo. Ngayon samantalang ang kanyang mga anak ay naghihintay para sa kanyang huling basbas, ang Espiritu ng Dios ay sumakaniya, at sa harap niya, sa isang pangitain ay ipinakita ang hinaharap ng kanyang mga anak. Isa-isang binanggit ang pangalan ng kanyang mga anak, ang likas ng bawat isa ay binanggit, at ang kasaysayan sa hinaharap ay isinaysay sa maikling paraan.

"Ruben, ikaw ang aking panganay,
Ang aking kapangyarihan, at siyang pasimula ng aking kalakasan,
Siyang kasakdalan ng kamahalan, at siyang kasakdalan ng kapangyarihan."

[278]

Sa gano'ng paraan ay inilarawan ng ama ang sana'y katayuan ni Reuben bilang panganay na anak; subalit ang malaki niyang kasalanan sa Edar ang nagpaging hindi niya karapatdapat sa karapatan ng pagkapanganay. Nagpatuloy si Jacob—

"Kumukulong parang tubig na umaawas,
Hindi ka magtataglay ng kasakdalan."

Ang pagkasaserdote ay itinalaga kay Levi, ang kaharian at ang pangako tungkol sa Mesiyas kay Juda, at ang bukod tanging mana kay Jose. Ang tribo ni Reuben ay di kailanman nagkaroon ng kadakilaan sa Israel; hindi iyon naging sindami ng tribo ni Juda, o ni Jose, o ni Dan, at kabilang sa mga unang nabihag.

Sunod sa edad kay Ruben ay sina Simeon at Levi. Sila ay nagkaisa sa kanilang kalupitan sa mga taga Sichem, at sila pa rin ang naging pangunahin sa pagbibili kay Jose. Tungkol sa kanila ay sinabi—

"Aking babahagihin sila sa Jacob,
At aking pangangalatin sila sa Israel."

Nang bilangin ang Israel, bago pumasok sa Canaan, kay Simeon ang pinakamaliit na tribo. Si Moises, sa kanyang huling basbas, ay hindi binanggit ang tribo ni Simeon. Sa paninirahan sa Canaan ang tribong ito ay mayroon lamang maliit na bahagi ng lote ni Juda, at ang mga sambahayang iyon na paglipas ng panahon ay naging

maka- pangyarihan ay nagbuo ng mga pulutong na nanirahan sa labas ng Banal na Lungsod. Si Levi rin ay hindi tumanggap ng mana liban sa apat na pung mga bayan na nakakalat sa iba't ibang bahagi ng lupain. Sa kalagayan ng tribong ito, gano'n pa man, ang kanilang katapatan sa Dios nang ang ibang tribo ay nagsitalikod, ang naging sanhi upang sila ang mapili para sa banal na gawain sa santuwaryo, kung kaya't ang sumpa sa kanila ay naging isang pagpapala.

Ang taluktok ng basbas ng karapatan ng pagkapanganay ay isinalin kay Juda. Ang kahalagahan ng pangalan—na ang ibig sabihin ay pagpuri—ay nahayag sa inihulang kasaysayan ng tribong ito:

"Juda, ikaw ay pupurihin ng iyong mga kapatid:
[279] Ang iyong kamay ay magpapahinga sa leeg ng iyong mga kaaway;
Ang mga anak ng iyong ama ay yuyukod sa harap mo.
Si Juda'y isang anak ng leon:
Mula sa panghuhuli, anak ko umahon ka:
Siya'y yumuko, siya'y lumugmok na parang leon,
At parang isang matandang leon: sinong gigising sa kanya?
Ang setro ay hindi mahihiwalay sa Juda,
Ni ang tungkol ng pagkaupo sa pagitan ng kanyang mga paa,
Hanggang sa ang Shilo ay dumating;
At sa Kanya tatalima ang mga bansa."

Ang leon, hari ng kagubatan, ay isang angkop na simbolo ng tribong ito, kung saan si David ay nagmula, at ang Anak ni David, na Shiloh, ang tunay na "Leon ng tribo ni Juda," na sa kanya ang lahat ng kapangyarihan sa wakas ay yuyuko at ang lahat ng mga bansa ay magbibigay galang.

Sa karamihan sa kanyang mga anak si Jacob ay nagsaysay ng isang masaganang hinaharap. Sa wakas ay narating ang pangalan ni Jose, at ang puso ng ama ay nag-umapaw samantalang binabasbasan niya ang "ulo niya na bukod tangi sa kanyang mga kapatid":

"Si Jose ay sangang mabunga,
Sangang mabunga na nasa tabi ng bukal;
Ang kanyang mga sanga'y gumagapang sa pader:

Pinamanglaw siya ng mga mamamana,
At pinasa siya, at inusig siya:
Ngunit ang kanyang busog ay nanahan sa kalakasan,
At pinalakas ang mga bisig ng kanyang mga kamay,
Sa pamamagitan ng mga kamay na makapangyarihang Dios ni Jacob;
(Na siyang pinagmulan ng pastor, ang bato ng Israel;)
Sa pamamagitan nga ng Dios ng iyong ama, na siyang tutulong sa iyo;
At sa pamamagitan ng Makapangyarihan sa lahat, na siyang magpapala sa iyo,
Ng pagpapala ng langit sa itaas,
Pagpapala ng mga kalaliman na nalalagay sa ibaba,
Pagpapala ng mga dibdib at ng bahay-bata:
Ang mga basbas ng iyong ama na humigit sa basbas ng aking mga kanunuan
Hanggang sa wakas ng mga burol na walang hanggan:
Mapapasa ulo ni Jose,
At sa tuktok ng ulo niya na bukod tangi sa kanyang mga kapatid."

Si Jacob ay isang tao na may malalim at masidhing pagmamahal; [280] ang pag-ibig niya sa kanyang mga anak ay malakas at mahinahon, at ang mga patotoo niya sa kanila ng siya ay malapit nang mamatay ay hindi pagbigkas ng pagka may pinapanigan o sama ng loob. Kanya nang pinatawad silang lahat, at minahal niya sila hanggang sa kahulihan. Ang kanyang pagmamahal bilang isang magulang ay maaaring nabigkas lamang sa pamamagitan ng mga salitang nakapagpapasigla at nakapagbibigay ng pag-asa; subalit ang kapangyarihan ng Dios ay suma kanya, at sa ilalim ng impluwensya ng inspirasyon siya ay nakilos upang maghayag ng katotohanan gaano man kasakit.

Nang mabigkas ang huling basbas, inulit ni Jacob ang tagubilin tungkol sa paglilibingan sa kanya: "Ako'y malalakip sa aking bayan: ilibing ninyo ako sa kasamahan ng aking mga magulang...sa yungib na nasa parang ng Machpela." "Na doon nila inilibing si Abraham at si Sara na kanyang asawa; na doon inilibing si Isaac at si Rebeca na kanyang asawa, at doon ko inilibing si Lea." Kung kaya't ang huli

niyang ginawa ay ang magpahayag ng kanyang pananampalataya sa pangako ng Dios.

Ang huling mga taon ni Jacob ay naghatid ng isang gabi ng katiwasayan at pamamahinga matapos ang isang magulo at nakapapagod na maghapon. Ang mga ulap ay nagpadilim sa kanyang dinaraanan, gano'n pa man ang kanyang araw ay nanatiling maliwanag, at ang ningning ng langit ang nagpaliwanag sa kanyang mga oras ng pagpanaw. Sabi sa Kasulatan, "Sa gabi ay magliliwanag." Zacarias 14:7. "Tandaan mo ang sakdal na tao, at masdan mo ang matuwid: sapagkat may isang maligayang wakas sa taong may kapayapaan." Mga Awit 37:37.

Si Jacob ay nagkasala, at lubhang nagdusa. Maraming mga taon ng pagpapagal, pagkabalisa, at kalungkutan ang napasa kanya mula noong ang malaki niyang kasalanan ay naging sanhi upang siya'y tumakas mula sa mga tolda ng kanyang ama. Isang walang tirahang takas, napahiwalay sa kanyang ina, na hindi na niya nakita pang muli; naglingkod ng pitong taon para sa kanyang minamahal, upang lubhang madaya lamang; nagpagal sa loob ng dalawampung taon para sa isang mapag-imbot na kamag-anak; nakitang lumalago ang kanyang kayamanan, at ang kanyang mga anak na naglalakihan sa piling niya, subalit di nakasumpong ng sapat na kasiyahan dahilan sa pagtatalo at pagkakampi-kampi sa kanyang tahanan; napighati sa kahihi- yan ng kanyang anak na babae, at sa paghihiganti ng kanyang
[281] mga kapatid, sa pagkamatay ni Raquel, sa krimen na di likas na nagawa ni Ruben, sa kasalanan ni Juda, ang malupit na panlilinlang at kasa- maang ginawa kay Jose—anong haba at madilim ang talaan ng kasa- maang kumalat sa paningin! Muli at muli ay inani niya ang bunga ng unang pagkakamali na kanyang ginawa. Muli at muli ay nakita niyang nauulit sa kanyang mga anak ang mga kasalanang kanyang nagawa. Subalit naging mapait man ang naging disiplina ng mga iyon, ay nagampanan ang kanyang gawain. Ang mga hagupit, bagaman masakit, ay nagbunga ng "bungang mapayapa ng katuwiran." Hebreo 12:11.

Matapat na itinala sa Inspirasyon ng Banal na Espiritu ang mga pagkakamali ng mabubuting tao, noong mga nakilalang kinaluguran ng Dios; sa katunayan, ang kanilang kamalian ay higit na nahayag kaysa kanilang kabutihan. Ito ay pinagtatakahan ng marami, at naging dahilan para sa mga hindi sumasampalataya sa Dios upang

siraan ang Kasulatan. Subalit isa iyon sa pinakamatibay na katibayan na ang Banal na Kasulatan ay makatotohanan, na ang katotohanan ay hindi pinagtatakpan, ni ikinukubli man ang mga kasalanan ng mga pangunahing tao doon. Ang isip ng tao ay lubhang nakahilig sa di matuwid na kaisipan kung kaya't hindi posible para sa mga kasay- sayang pangtao ang ganap na makapagpahayag ng lahat ng panig. Kung ang Biblia ay isinulat ng mga taong hindi kinasihan ng Dios, tiyak na ihahayag nito ang mga taong pinararangalan doon sa isang paraang may labis na pagpuri. Subalit gaya ng pagkakasulat noon, tayo ay mayroong tumpak na pahayag tungkol sa kanilang mga kara- nasan.

Ang mga taong kinaluguran ng Dios, at pinagkatiwalaan niya ng malalaking tungkulin, minsan ay nadadaig ng tukso at nakakagawa ng kasalanan, kung paanong tayo sa kasalukuyan ay nagsisikap, nanlulupaypay, at malimit ay nahuhulog sa pagkakamali. Ang kanilang mga buhay, gano'n din ang kanilang mga pagkakamali at kasamaan, ay nasa ating harapan kapwa tayo ay pasiglahin at babalaan. Kung sila ay inihayag na pawang mga walang kamalian, tayo, sa ating likas na makasalanan, ay maaaring mawalan ng pag-asa sa sarili nating mga pagkakamali at kabiguan. Subalit sa pagkabatid ng kung saan ang iba ay nakipagpunyagi sa kabiguan gaya ng sa atin, kung saan sila ay nahulog sa tukso na gaya natin, gano'n pa man ay muling naglakas loob at nagtagumpay sa pamamagitan ng biyaya ng Dios, tayo ay pinasisigla sa ating pagsisikap tungo sa pagiging [282]
matuwid. Kung paanong sila, bagaman minsan ay nadadaig, ay muling tumindig, at pinagpala ng Dios, tayo rin ay maaaring maging matagumpay sa kapangyarihan ni Jesus. Sa isang dako, ang tala tungkol sa kanilang mga buhay ay maaaring magsilbing babala para sa atin. Ipinahahayag noon na hindi ng Dios palalampasin ang nagkasala sa ano mang paraan. Nakita Niya ang pagkakasala sa mga higit na kinasiyahan Niya, at pinakitunguhan Niya iyon sa isang mas mahigpit na paraan kaysa doon sa mas kakaunti ang liwanag at responsibilidad.

Nang mailibing na si Jacob muling nagkaroon ng takot ang mga kapatid ni Jose. Sa kabila ng kanyang kabutihan sa kanila, ang pag- kabatid ng kanilang kasalanan ay naging sanhi upang sila ay di magtiwala sa halip ay maging mapaghinala. Maaaring ipinagpaliban lamang niya ang kanyang paghihiganti, alang-alang sa kanyang

ama, at ngayon niya isasagawa ang matagal nang ipinagpalibang pagpaparusa para sa kanilang kasalanan. Hindi nila mapangahasang humarap sa kanya, kung kaya nagpadala na lamang ng ganitong mensahe: "Iniutos ng iyong ama bago namatay, na sinasabi, ganito ang sasabihin ninyo kay Jose, Ipatawad mo, isinasamo ko sa iyo ngayon, ang pag- salangsang ng iyong mga kapatid, at ang kanilang kasalanan; at ngayon, ay aming isinasamo sa iyo, na ipatawad mo ang mga pagsalang- sang ng mga lingkod ng Dios ng iyong ama." Ang mensaheng ito ay nakakilos kay Jose upang lumuha, at, dahil dito, ang kanyang mga kapatid ay nagsidating at nagpatirapa sa harap niya, na ganito ang sinabi, "Narito, kaming iyong mga lingkod." Ang pag-ibig ni Jose sa kanyang mga kapatid ay malalim at di makasarili, at masakit sa kanya ang isiping siya ay nagnanais maghiganti sa kanila. "Huwag kayong matakot," wika niya; "sapagkat nasa kalagayan ba ako ng Dios? At tungkol sa inyo ay inyong ipinalagay na kasamaan laban sa akin; ngunit ipinalagay ng Dios na kabutihan upang mangyari ang gaya sa araw na ito, na iligtas ang buhay ng maraming tao. Kaya nga huwag kayong matakot: aking pakakanin kayo at ang inyong mga bata."

Ang buhay ni Jose ay naglalarawan sa buhay ni Kristo. Inggit ang kumilos sa mga kapatid ni Jose upang siya'y ipagbili bilang isang alipin; umasa silang iiwas siya sa pagiging higit na dakila sa kanila. At nang siya'y dinala sa Ehipto, ipinalagay nila sa kanilang sarili na sila'y hindi na magambala pa ng kanyang mga panaginip, at naalis na nila ang lahat ng posibilidad na iyon ay matupad. Subalit
[283] ang sarili nilang ginawa ay ginamit ng Dios upang isakatuparan ang sinikap nilang hadlangan. Gano'n din naman ang mga pari at matatandang mga Hudyo na nainggit kay Kristo, nangamba na baka maakit ang pansin ng mga tao mula sa kanila. Ipinapatay nila Siya, upang maiwasan ang Kanyang pagiging hari, subalit iyon ang mismong pinapangyari nila.

Si Jose, sa pagiging alipin sa Ehipto, ay naging tagapagligtas ng sambahayan ng kanyang ama; gano'n pa man ang katotohanang ito ay hindi nagpawalang sala sa kanyang mga kapatid. Gano'n din naman ang pagpapako kay Kristo na ginawa ng Kanyang mga kaaway na naging daan upang matubos Niya ang kasalanan ng sangkatau- han, bilang Tagapagligtas ng nagkasalang lahi, at Hari sa buong mundo; subalit ang kasalanan ng mga pumatay sa Kanya

ay sinasama pa rin ng tila hindi pinangunahan ng Dios ang pangyayaring iyon para sa sarili Niyang ikaluluwalhati at sa ikabubuti ng sangkatauhan.

Kung paanong si Jose ay ipinagbili ng kanyang mga kapatid sa mga hindi kumikilala sa Dios, gano'n din naman si Kristo ay ipinagbili sa pinakamahigpit niyang mga kaaway ng isa sa Kanyang mga alagad. Si Jose ay pinaratangan ng hindi naman totoo at inilagay sa bilanguan dahilan sa kanyang kabutihan; gano'n din naman si Kristo ay hinamak at tinanggihan dahil sa ang Kanyang buhay na matuwid at mapagtanggi sa sarili ay isang sumbat sa kasalanan; at bagaman walang ano mang kasalanan, siya ay pinarusahan dahil sa patotoo ng mga huwad na mga saksi. Ang pagpapasensya at kaamuan ni Jose sa ilalim ng kawalan ng katarungan at pang-aapi, at kanyang pagiging handa upang magpatawad at ang marangal na pagiging mapagbigay sa kanyang di tunay na mga kapatid, ay kumakatawan sa hindi nag- rereklamong pagtitiis ng Tagapagligtas sa masamang hangarin at pang-aabuso ng masasamang tao, at sa Kanyang pagpapatawad, hindi lamang sa mga pumatay sa Kanya, kundi sa lahat ng lumalapit sa Kanya na naghahayag ng kanilang kasalanan at humihingi ng pata- wad.

Si Jose ay nabuhay pa ng limampu't apat na mga taon makalipas ang pagkamatay ng kanyang ama. Siya'y nabuhay hanggang makita ang "mga anak ni Ephraim hanggang sa ikatlong salin ng lahi: ang mga anak man ni Machir na anak ni Manases ay ipinanganak sa mga tuhod ni Jose." Nasaksihan niya ang pagdami at pag-unlad ng kanyang bayan, at sa lahat ng mga taong nagdaan ang kanyang pananampalataya sa pagsasauli ng Dios sa Israel sa Lupang Pangako ay hindi nanlupaypay. [284]

Nang makita niya na ang kanyang wakas ay malapit na, ay tinawa- gan niya ang kanyang mga kamag-anak sa piling niya. Bagaman siya ay pinararangalan ng gano'n na lamang sa lupain ng mga Faraon, para sa kanya ang Ehipto ay isa pa ring lugar na pinagtapunan sa kanya; ang huh niyang ginawa ay upang ipahayag ang kanyang paki- kiisa sa Israel. Ang huli niyang mga pananalita ay, "Tunay na dada- lawin kayo ng Dios, at dadalhin kayo mula sa lupaing ito hanggang sa lupain na Kanyang isinumpa kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob." At pinanumpa niya ng isang banal na panunumpa ang mga anak ni Israel na kanilang dadalhin ang kanyang

mga buto sa lupain ng Canaan. "Sa gayo'y namatay si Jose na may isang daan at sampung taon: at kanilang inembalsamo siya, at siya'y inilagay sa isang kabaong sa Ehipto." At sa daang-daang mga taon na puno ng pagpapagal na sumunod, ang kabaong na iyon, na nagpapaalaala sa mga huling salita ni Jose, ang nagpatotoo sa Israel na sila ay pawang naninirahan lamang ng pansamantala sa Ehipto, at nag-uudyok sa kanila na pana- tilihin ang kanilang pag-asa sa Lupang Pangako, sapagkat ang panahon ng pagliligtas ay tiyak na
[285] darating.

## Kabanata 22—Si Moises

Ang kabanatang ito ay batay sa Exodo 1 hanggang 4.

Ang mga taga Ehipto, upang magkaroon ng pagkain sa panahon ng tag-gutom, ay ipinagbili sa hari ang kanilang mga alagang hayop at mga lupain, hanggang sa huli ay naitali ang kanilang mga sarili sa nagpapatuloy na pagkaalipin. Si Jose ay mahusay na naghanda ng paraan upang sila ay makalaya; ipinahintulot niyang sila'y mangupahan sa kaharian, hawak ang kanilang mga lupa para sa hari, at nagba- bayad ng taunang buwis na ikalima ng bunga ng kanilang pagpapa- gal.

Subalit ang mga anak ni Jacob ay hindi kinakailangang mapailalim sa gano'ng kalagayan. Dahilan sa paglilingkod ni Jose para sa bansa ng mga Ehipcio, hindi lamang sila binigyan ng isang bahagi ng bansa bilang kanilang tahanan, kundi pinalibre pa sa pagbibigay ng buwis, at binigyan ng libreng pagkain sa panahon ng tag-gutom. Inihayag ng hari sa publiko na siya ay naniniwalang sa pamamagitan ng mahabaging pagtulong ng Dios ni Jose ang Ehipto ay nagkaroon ng kasaganaan samantalang ang ibang mga bansa ay nangawala dahil sa tag-gutom. Kanya ring nakita, na sa pamamagitan ng pangangasiwa ni Jose, ang kaharian ay lubhang yumaman, at sa kanyang pagpa- pasalamat ay pinalibutan ang sambahayan ni Jacob ng mga kaloob ng hari.

Subalit sa paglipas ng panahon, ang dakilang lalaki na lubos na pinagkakautangan ng Ehipto, at ang lahing pinagpala ng kanyang mga pagpapagal, ay lumipas na sa libingan. At "may bumangon ngang isang bagong hari sa Ehipto, na hindi kilala si Jose." Hindi dahil sa hindi niya alam ang naging paglilingkod ni Jose sa bansa, subalit ninais niyang kalimutan ang mga iyon, at, hanggat maaari, ay kali- mutan. "At sinabi niya sa kanyang bayan, Narito, ang bayan ng mga anak ni Israel ay higit at lalong malakas kay sa atin: hayo't tayo'y magpakadunong sa kanila; baka sila'y dumami, at

mangyari, na, pag- ka nagkadigma, ay makikisanib pati sila sa ating
[286] mga kaaway, at lumaban sa atin, at magsilayas sa lupain."

Ang mga Israelita ay lubhang napakarami na; sila'y "kumapal na maigi at dumami, at naging totoong makapangyarihan; at ang lupain ay napuno nila." Sa ilalim ng pangangalaga ni Jose, at ng mga kaloob ng hari na namumuno noon, sila ay mabilis na kumalat sa lupain. Subalit naingatan nila ang kanilang mga sarili bilang isang bukod na lahi, na walang ano mang pakikipagkaisa sa mga Ehipcio sa kauga- lian man o sa relihiyon; at ang lumalago nilang bilang ay nagbangon ng takot sa hari at sa kanyang bayan, na baka pag nagkadigma sila ay umanib sa mga kalaban ng Ehipto. Gano'n pa man ipinagbabawal ng batas ang sila'y paalisin. Marami sa kanila ay mahuhusay at mauna- waing mga manggagawa, at malaki ang idinadagdag nila sa kayamanan ng bansa; kailangan ng hari ang gano'ng mga manggagawa sa pagpapatayo ng kanyang mga magagandang mga palasyo at mga templo. Dahil doon ay ibinilang niya sila sa mga Ehipciong ipinagbili ang kanilang mga sarili kasama ng kanilang mga ari-arian sa kaharian. Di nagtagal ay naglagay ng tagapagpaatag sa kanila, at ang kanilang pagkaalipin ay naging ganap. "At pinapaglingkod na may kabagsikan ng mga Ehipcio ang mga anak ni Israel: at kanilang pinapamuhay sila ng masaklap sa pamamagitan ng mahirap na paglilingkod, sa gilingan at sa laryo, at sa lahat ng sari-saring paglilingkod sa bukid, at sa lahat ng paglilingkod nila na ipinapaglingkod sa kanila, na may kabagsikan." "Datapuwat habang dinadalamhati nila sila, ay lalong dumadami at lalong kumakapal." Ang hari at ang kanyang mga tagapayo ay nagnais lupigin ang mga Israelita sa pamamagitan ng mahirap na gawain, at sa gano'n ay pauntiin ang kanilang bilang at sirain ang kanilang malayang espiritu. Sa pagkabigo ng kanilang layunin, sila ay nagsagawa ng lubhang malupit na hakbang. Inutusan ang mga babae ang tungkulin ay nag- bibigay sa kanila ng pagkakataon upang isakatuparan ang utos, upang patayin ang mga batang Hebreo sa kanilang pagsilang. Si Satanas ang nangunguna sa bagay na ito. Batid niya na isang tagapagligtas ang babangaon mula sa Israelita; at sa pamamagitan ng pag-udyok sa hari na patayin ang kanilang mga anak inaasahan niyang masira ang panukala ng Dios. Subalit ang babae'y may pagkatakot sa Dios, at hindi nangahas upang isakatuparan ang malupit na utos. Ikinalugod ng Dios ang kanilang ginawa

at sila'y pinagpala. Ang hari, sa galit sa kabiguan ng panukala ng mas madalian at mas ma- lawakan. Ang buong bansa ay tinawagan upang hanapin at patayin ang mga walang kaya niyang mga biktima. [287] "At iniutos ni Faraon sa kanyang buong bayan, na sinasabi, Itatapon ninyo sa ilog ang bawat lalaki na ipanganak, at bawat babae ay ililigtas ninyong buhay."

Nang ang utos na ito ay ganap nang isinasakatuparan isang anak na lalaki ang isinilang kina Amram at Jochebed, mga tapat na Israelita ng lipi ni Levi. Ang sanggol ay "maganda;" at ang mga magulang, sa naniniwalang ang panahon ng pagliligtas ng Israel ay malapit na, at ang Panginoon ay magbabangon ng isang tagapagligtas para sa Kanyang bayan, ay nagpasya na ang kanilang anak ay hindi dapat mamatay. Ang pananampalataya sa Dios ang nagpalakas sa kanilang loob, "at hindi sila natakot sa utos ng hari." Hebreo 11:23.

Ang ina ay nagtagumpay sa pagkukubli sa sanggol sa loob ng tatlong buwan. At, nang masumpungang hindi na niya siya maiingatan, siya ay naghanda ng isang takbang yantok, at upang huwag pasukin ng tubig ay nilagyan ng betun at ng sahing; at nang mailagay ang bata doon ay inilagay niya iyon sa may matataas na damo sa tabi ng ilog. Hindi niya pinangahasang manatili doon upang bantayan iyon, baka mapahamak ang buhay ng bata at ang sarili niyang buhay; subalit ang kanyang kapatid na si Miriam, ay nanatili sa malapit doon, kunwa'y walang kinalaman doon, subalit matamang nagma- masid upang makita kung ano ang mangyayari sa maliit niyang kapatid. At mayroon pang ibang tagapagbantay. Sa taimtim na dalangin ng ina ay itinalaga niya ang kanyang sanggol sa pangangalaga ng Dios; at ang mga anghel, na hindi nakikita, ay nagliliparan sa may lugar na kanyang kinaroroonan. Inakay ng mga anghel ang anak na babae ni Faraon upang lumapit doon. Natawag ang kanyang pansin ng maliit na takba, at samantalang tinitingnan niya ang maliit na sanggol na nasa loob niyon, ay nabasa niya ang kasaysayan sa isang tingin. Pinukaw ng iyak ng sanggol ang kanyang habag, at nagkaroon siya ng pakikiramay sa di kilalang ina na ganito ang ginawa upang iligtas ang buhay na mahalaga sa kanya. Ipinasya niyang ang sanggol ay kinakailangang mailigtas; kanyang aampunin ang sanggol.

Matamang minamasdan ni Miriam ang bawat kilos; nang makita niya na ang sanggol ay maingat na hinaharap, siya ay lumapit, at sa huli ay sinabi, "Yayaon ba ako at itatawag kita ng isang tagapag-alaga sa mga babaeng Hebreo, na makapag-alaga sa iyo ng batang ito?" At siya ay binigyan ng pahintulot.

Ang kapatid na babae ay nagmadaling pumunta sa kanyang ina
[288] na may magandang balita, at nagmadaling isinama siya sa harap ng anak na babae ni Faraon. "Dalhin mo ang batang ito, at alagaan mo para sa akin, at bibigyan kita ng iyong kaupahan," wika ng princesa.

Dininig ng Dios ang mga dalangin ng ina; ang kanyang pananampalataya ay ginantimpalaan. Puspos ng pagpapasalamat niyang tinang- gap ang ngayon ay ligtas at masaya niyang tungkulin. Matapat niyang pinagbuti ang pagkakataon upang maturuan ang kanyang anak para sa Dios. Nakadama siya ng katiyakan na ang sanggol ay ininga- tan para sa isang dakilang gawain, at alam niya na di magtatagal ang bata ay ibibigay sa makahari niyang ina, at mapapaligiran ng mga impluwensya na maaring umakay sa kanya papalayo sa Dios. Ang mga ito ang naging dahilan upang siya ay maging higit na masikap at maingat sa pagtuturo sa kanya kaysa sa iba niyang mga anak. Sinikap niyang ikintal sa isip ng bata ang pagkatakot sa Dios at ang pag-ibig sa katotohanan at sa katarungan, at taimtim na idinalangin na siya ay maingatan mula sa lahat ng mga masamang impluwensya. Ipinakita niya sa bata ang kahangalan at kasalanan ng pagsamba sa diyus- diyusan, at maagang tinuruan siyang yumukod at manalangin sa buhay na Dios, na tanging makaririnig sa kanya at makatutulong sa kanya sa lahat ng pangangailangan.

Iningatan niya ang sanggol hangga't magagawa niya, subalit kinakailangang ibigay niya siya ng siya ay maglabing dalawang taong gulang na. Mula sa kanyang maliit na kubong tahanan siya ay dinala sa palasyo, sa anak ni Faraon, "at siya'y kanyang inaring anak." Gano'n pa man maging sa kalagayang ito ay hindi niya kinalimutan ang mga natutunan niya sa kanyang pagkabata. Ang mga aral na kanyang natutunan sa piling ng kanyang ina ay hindi niya malilimot. Ang mga iyon ay pananggalang sa pagmamataas, at di pagtatapat, at bisyong laganap sa kalagitnaan ng karilagan ng palasyo.

Anong kabutihan ang ibinunga ng impluwensya ng isang babaeng Hebreo, at siya'y isang nangingibang bayan at isang alipin!

Ang buong buhay ni Moises sa hinaharap, ang dakilang tungkuling kanyang ginampanan bilang pinuno ng Israel, ay nagpapatotoo sa kaha- lagahan ng gawain ng isang Kristianong ina. Wala ng iba pang ga- waing katumbas nito. Sa isang napakalaking bahagi hawak ng ina sa kanyang mga kamay ang kahihinatnan ng kanyang mga anak. Siya ay nakikitungo sa mga lumalagong pag-iisip at pagkatao, gumagawa hindi lamang para sa panahon, kundi para sa walang hanggan. Siya ay naghahasik ng binhing bubukal at magbubunga, [289]
ng mabuti o masama. Hindi siya nagpipinta upang bumuo ng kagandahan sa isang kambas ni umuukit sa isang marmol, kundi upang itatak sa kaluluwa ng isang tao ang larawan ng Dios. Lalong-lalo na sa kanilang kabataan ang kapanagutan ay nakasalalay sa ina sa paghubog ng likas ng kanyang mga anak. Ang mga impresyon na ngayon ay nagagawa sa kanilang lumalagong pag-iisip ay mananatili sa buong buhay nila. Kinakailangang pangunahan ng mga magulang ang pagsasanay sa kanilang mga anak samantalang sila ay bata pa, sa layuning sila ay maging mga Kristiano. Sila ay inilagay sa ating pa-ngangalaga upang sanayin, hindi upang maging tagapagmana ng trono sa isang makalupang kaharian, kundi bilang mga hari para sa Dios, upang maghari hanggang sa walang hanggang kapanahunan.

Mangyaring madama ng bawat ina na ang kanyang mga sandali ay walang katumbas; ang kanyang gawain ay masusubok sa banal na araw ng pagsusulit. Doon ay masusumpungan na marami sa mga kabiguan at krimen ng mga lalaki at babae ay nagmula sa kakulangan sa kaalaman at pagwawalang bahala noong ang mga tungkulin ay ang patnubayan ang kanyang musmos na mga paa sa tamang landas. Doon ay masusumpungan ang maraming naging pagpapala sa sanlibutan ng liwanag ng kagalingan at katotohanan at kabanalan, ay dahil sa mga prinsipyong dinaluyan ng impluwensya at ng isang na- nanalanging, Kristianong ina.

Sa palasyo ni Faraon, tumanggap si Moises ng pinakamataas na pagsasanay pang sibil at pang militar. Ipinasya ng hari na ang kanyang inampong apo ang kanyang magiging kahalili sa trono, at sina- nay para sa mataas na tungkuling ito. "At tinuruan si Moises sa lahat ng karunungan ng mga Ehipcio, at siya ay makapangyarihan sa kanyang mga salita at gawa." Gawa 7:22. Ang kanyang kakayanan bilang pinuno ng militar ay nagpaging kawili-wili sa kanya sa mga hukbo ng Ehipto, at sa pangkalahatan siya ay nakilala bilang isang

mahusay na tao. Si Satanas ay natalo sa kanyang layunin. Ang utos na pagpatay sa mga batang Hebreo ay ginamit ng Dios para sa pagsasanay at edukasyon ng pinuno ng Kanyang bayan sa hinaharap.

Ang mga matanda sa Israel ay sinabihan ng mga anghel na ang panahon ng kanilang pagkaligtas ay malapit na, at si Moises ang lalaking gagamitin ng Dios upang ganapin ang gawaing ito. Sinabihan din ng mga anghel si Moises na siya ang pinili ni Jehova
[290] upang iligtas ang Kanyang bayan mula sa pagkaalipin. Siya naman, sa pag- akalang kanilang makakamtan ang kalayaan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng armas, ay inisip na kanyang pangungunahan ang hukbo ng mga Hebreo laban sa mga hukbo ng Ehipto, at sa pagkakaroon ng ganitong pananaw, ay iningatan niya ang kanyang mga pakikitungo, baka sa kanyang relasyon sa kanyang di-tunay na ina o kay Faraon siya ay mawalan ng kalayaan upang ganapin ang kalooban ng Dios.

Sa batas ng mga Ehipcio ang lahat ng luluklok sa trono ni Faraon ay kinakailangang maging kaanib ng grupo ng mga saserdote; at si Moises, bilang magiging tagapagmana, ay kinakailangang maipasok sa mga kahiwagaan ng relihiyon ng bansa. Ang gawaing ito ay iti- nagubilin sa mga pari. Subalit bagamat siya ay isang masugid at walang kapagurang mag-aaral, hindi siya maakit makilahok sa pagsamba sa mga diyus-diyusan. Siya ay binabalaan sa pagkawala ng karapatan sa trono, at binabalaang siya ay maaaring itakwil ng princesa kung siya ay mananatili sa pananampalataya ng mga Hebreo. Subalit matibay ang kanyang kapasyahang walang ibang sasambahin kundi ang Dios, ang Manlalalang ng langit at ng lupa. Siya ay nangatuwiran sa mga pari at mga sumasamba, ipinahahayag ang kahangalan ng kanilang mapamahiing pagsamba sa mga bagay na walang pakiramdam. Walang makasagot sa kanyang katuwiran o makapagbago ng kanyang layunin, gano'n pa man sa panahong iyon ay binaliwala ang kanyang pagmamatigas dahil sa kanyang mataas na posisyon at sa kalugod-lugod na pakikitungo sa kanya kapwa ng hari at ng mga tao.

"Sa pananampalataya, nang lumaki na si Moises, ay tumangging siya'y tawaging anak ng anak na babae ni Faraon; na pinili pa niya ang siya'y tampalasanin na kasama ng bayan ng Dios, kaysa magta- mo ng nagsisikupas na kaligayahan sa pagkakasala; na inaring malaking kayamanan ang kadustaan ni Kristo, kay sa mga kayama-

man ng Ehipto: sapagkat ang kanyang tinitingnan ay ang gantimpalang kaba- yaran." Hebreo 11:24-26. Si Moises ay handa upang makabilang sa mga dakilang tao sa lupa, upang magningning sa mga palasyo ng pinakamagandang kaharian, at upang hawakan ang setro ng kapangyarihan noon. Ang kanyang katalinuhan ay nagpaging tanyag sa kanya ng higit sa dakilang mga tao sa buong kapanahunan. Bilang isang istoryador, makata, pilosopo, heneral ng mga hukbo, at mambabatas, siya ay tumayong walang kapantay. Gano'n pa [291] man sa harap ng sanlibutan, ay nagkaroon siya ng lakas ng loob upang tanggihan ang labis na inaasahang kayamanan at kadakilaan at katanyagan, "pinili pa ang siya'y tampalasanin na kasama ng bayan ng Dios, kay sa magtamo ng nagsisikupas na kaligayahan sa pagkakasala."

Si Moises ay tinuruan tungkol sa gantimpalang ibibigay sa mga mapagpakumbaba at masunuring mga lingkod ng Dios, at ang makasanlibutang pakinabang ay nalubog sa katampatan niyang kawalan ng kabuluhan kung ihahambing doon. Ang magandang palasyo ni Faraon at ang trono ng hari ay ginamit na pang-akit kay Moises; subalit alam niya na ang mga makasalanang kasiyahan na nakapagpapalimot sa Dios ay nasa marilag na mga palasyo noon. Tumingin siya sa ibayo pa ng palasyo, sa ibayo pa ng isang korona ng hari, tungo sa mataas na karangalang ibibigay sa mga banal ng Kataastaasan sa Lahat sa isang kahariang hindi nadudungisan ng kasalalan. Nakita niya sa pamamagitan ng pananampalataya ang isang di nalulumang korona na ipuputong ng hari ng langit sa magtatagumpay. Ang pananampalatayang ito ang umakay sa kanya upang talikuran ang mabilang sa pinapanginoon sa lupa upang makasama ng mga aba, mahirap, at hinahamak na bansa na pinili ang sumunod sa Dios kaysa maglingkod sa kasalanan.

Si Moises ay nanatili sa palasyo hanggang sa siya ay maging apat na pung taong gulang. Ang kanyang isip ay malimit napapatuon sa hamak na kalagayan ng kanyang bayan, at dinalaw niya ang kanyang mga kababayan sa kanilang pagkaalipin, at pinasigla sila sa pamamagitan ng katiyakang ang Dios ay gagawa para sa kanilang kaligtasan. Malimit, natitilihan sa pagkakita ng kawalan ng katarungan at pang- aapi, siya ay nag-aapoy upang maghiganti sa kanilang kamalian. Isang araw, samantalang naglilibot, nang nakita ang isang Ehipciong sina- saktan ang isang Israelita, siya

ay lumapit at pinatay ang Ehipcio. Liban sa Israelita, walang sino mang nakakita sa pangyayari, at ma- daling inilibing ni Moises ang bangkay sa buhangin. Naipakita na niya ngayong handa na siya upang ipagtanggol ang kanyang bayan, at inaasahan niya na makita silang bumabangon upang papanumba- likin ang kanilang kalayaan. "Ang isip niya'y napag-unawa ng kanyang mga kapatid na ibinigay ng Dios sa kanila ang kaligtasan sa pamamagitan ng kamay niya: datapuwat hindi nila napag-unawa." Gawa 7:25. Sila'y
[292] hindi pa handa para sa kalayaan. Nang sumunod na araw si Moises ay nakakita ng dalawang Hebreo na nagbababag, at ang isa ang nakitang may kasalanan. Sinumbatan ni Moises ang may kasalanan, na kaagad ay sumagot sa nanunumbat, tinatanggihan ang kanyang karapatan upang mamagitan, at hayagang inakusahan siya sa krimen: "Sinong naglagay sa iyong pangulo at hukom sa amin?" wika niya, "Iniisip mo bang patayin ako, na gaya ng pagpatay mo sa Ehipcio?"

Ang buong pangyayari ay mabilis na nalaman ng mga Ehipcio, at, lubhang dinagdagan, at di nagtagal ay nakarating kay Faraon. Iyon ay inihayag sa hari na ang ginawang iyon ay makahulugan; na panukala ni Moises ang pangunahan ang kanyang bayan laban sa mga Ehipcio, upang ibagsak ang pamahalaan, at upang iluklok ang kanyang sarili sa trono; na walang kaligtasan para sa kaharian samantalang siya ay nabubuhay. Kaagad ipinasya ng hari na siya ay kinakailangang mamatay; subalit sa pagkabatid sa kanyang panganib, siya ay tumakas at nagtungo sa Arabia.

Siya ay pinangunahan ng Panginoon, at nakasumpong siya ng kanyang matatahanan kay Jethro, ang saserdote at prinsipe ng Median, na isa ring sumasamba sa Dios. Paglipas ng panahon ay napangasawa ni Moises ang isa sa mga anak na babae ni Jethro; at dito, sa paglilingkod sa kanyang biyanan, bilang taga alaga ng kanyang mga kawan, siya ay nanatili sa loob ng apat na pung taon.

Sa pagpatay sa Ehipcio, si Moises ay nahulog sa gano'n ding pagkakamali na kinahulugan ng kanyang mga ama, ang pagkuha sa pamamagitan ng kanilang mga kamay sa gawaing ipinangako ng Dios na Kanyang gagawin. Hindi kalooban ng Dios ang iligtas ang Kanyang bayan sa pamamagitan ng sarili niyang makapangyarihang lakas, gaya ng inakala ni Moises, ngunit sa pamamagitan ng Kanyang sariling kapangyarihan, upang ang kaluwalhatian ay maiukol lamang sa Kanya. Gano'n pa man maging ang padalos-

dalos na ginawang ito ay ginamit na kasangkapan ng Dios upang ganapin ang Kanyang mga layunin. Si Moises ay hindi pa handa sa kanyang dakilang gawain. Kinakailangan pa niyang matutunan ang mga liksyon ng pananampalatayang itinuro kay Abraham at kay Jacob—ang hindi pagtitiwala sa lakas at kapangyarihan ng tao, kundi sa kapangyarihan ng Dios sa pagsasakatuparan ng Kanyang mga pangako. At mayroon pang ibang mga liksyon na, sa kalag-itnaan ng katahimikan ng kabundukan, ay tatanggapin ni Moises.
Sa paaralan ng pagtanggi sa sarili at kahirapan ay matututo siyang [293]
maging mapagpigil, upang masupil ang kanyang kinahiligan. Bago siya makapangasiwa ng may katalinuhan, siya ay kinakailangang masanay sa pagsunod. Ang sarili niyang puso ay kinakailangang ganap na makasang-ayon ng kalooban ng Dios bago niya maituro ang kaalaman tungkol sa Kanyang kalooban sa Israel. Walang higit na pagsasanay ng tao o kultura, ang maaaring ipalit sa karanasang ito.

Si Moises ay maraming natutunan na kinakailangan niyang mali-mot. Ang mga impluwensyang nakapaligid sa kanya sa Ehipto—ang pag-ibig ng di niya tunay na ina, ang sarili niyang mataas na tungkulin bilang apo ng hari, ang pag-aaksaya sa bawat panig, ang kapinu- han, ang katusuhan, ang mga hiwaga ng isang huwad na relihiyon, ang karilagan ng pagsamba sa mga diyus-diyusan, ang solemneng kagandahan ng arketektura at pag-ukit—ang lahat ng ito ay nag- iwan ng malalim na marka sa kanyang lumalagong kaisipan at nabuo, at sa ibang banda, sa kanyang mga gawi at pagkatao. Ang panahon, kakaibang kapaligiran, at pakikipag-ugnay sa Dios ang makapag-aalis sa mga markang ito. Ito ay mangangailangan para sa bahagi ni Moises ng pakikipagpunyaging mabuhay upang talikuran ang kamalian at tanggapin ang katotohanan, subalit ang Dios ang magiging katulong niya kapag ang pakikipagpunyagi ay magiging napakatindi para sa lakas ng tao.

Sa lahat ng napipili upang gumawa ng gawain para sa Dios ang elemento ng pagkatao ay nakikita. Gano'n pa man sila ay hindi naging mga taong hindi nababago ang likas at uri, na nasisiyahan nang manatili sa gano'ng kalagayan. Taimtim nilang ninais ang magkaroon ng karunungan mula sa Dios at matutong gumawa para sa Kanya. Sabi ng apostol, "Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa

lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kanya." Santiago 1:5. Subalit ang Dios ay hindi magbabahagi ng banal na liwanag samantalang siya ay nasisiyahang manatili sa kadiliman. Upang matanggap ang tulong ng Dios, kinakailangang madama ng tao ang kanyang kahinaan at pangangailangan, kinakailangang iukol niya ang kanyang pag-iisip sa malaking pagbabago na kinakailangang maganap sa kanya; kinakailangang siya ay mapukaw sa taimtim na pananalangin at paggawa. Ang mga maling kaugalian at kasanayan ay kinakailangang maalis; at sa pamamagitan lamang ng itinala-
[294] gang paggawa upang baguhin ang mga kamalian at sumang-ayon sa wastong prinsipyo natatamo ang tagumpay. Marami ang hindi nakakaabot sa kalagayang kinakailangan nilang kalagyan, sapagkat sila'y naghihintay na gawin ng Dios para sa kanila yaong mga gawaing ang kapangyarihan ay ibinigay na sa kanila upang kanilang magawa. Ang lahat ng nagha- handang maging kapaki-pakinabang ay kinakailangang masanay sa pamamagitan ng pinakamahigpit na pagsasanay ng kaisipan at moralidad, at sila ay tutulungan ng Dios sa pamamagitan ng pakikisama ng kapangyarihan ng Dios sa pagsisikap ng tao.

Sa pagkakakulong sa kalagitnaan ng mga bundok, si Moises ay nag-isang kasama ng Dios. Ang maririlag na templo ng Ehipto ka- lakip ng kanilang mga pamahiin at kasinungalingan ay hindi na hina- ngaan ng kanyang isip. Sa solemneng kagadandahan ng walang hanggang mga burol ay nakita niya ang kamaharlikaan ng Kataas-taasan sa Lahat, at sa paghahambing doon ay nakita kung gaano kawalang kapangyarihan at walang kabuluhan ang mga diyus ng Ehipto. Sa bawat dako ang pangalan ng Manlalalang ay nakasulat. Si Moises ay tila nakatayo sa Kanyang harapan at nalulukuban ng Kanyang kapangyarihan. Dito ang kanyang pagmamalaki at pagkasiya sa sarili ay napawi. Sa higit na kapayakan ng kanyang buhay sa ilang, ang mga bunga ng kaluwagan at pagpapalabis ng Ehipto ay nawala. Si Moises ay naging mapagpasensya, magalang, at mapagpakumbaba, "totoong maamong loob, na higit kay sa lahat ng lalaking nasa ibabaw ng lupa", (Bilang 12:3), gano'n pa man ay malakas ang pananampalataya sa makapangyarihang Dios ni Jacob.

Samantalang ang mga taon ay lumilipas, at siya ay lumilibot kasama ng kanyang mga kawan sa matatahimik na mga lugar, at pinag- iisipan ang higit na kalagayan ng kanyang bayan, kanyang

sinasariwa sa isipan ang mga ginawa ng Dios para sa kanyang mga magulang at ang mga pangakong minana ng piniling bayan, at ang kanyang mga dalangin para sa Israel ay pumapanhik araw at gabi. Ang makalangit na mga anghel ay nagpapasinag ng kanilang liwanag sa palibot niya. Dito, sa pagkasi ng Banal na Espiritu, ay isinulat niya ang aklat ng Genesis. Ang mahabang mga taon na ginugol sa kalagitnaan ng katahimikan ng ilang ay mayaman sa pagpapala, hindi lamang para kay Moises at sa kanyang bayan, kundi pati sa sanlibutan sa lahat ng sumunod na mga taon.

“At nangyari pagkaraan ng maraming araw na ang hari sa Ehipto [295]
ay namatay; at ang mga anak ni Israel ay nagbuntong hininga dahil [296]
sa pagkaalipin, at sila’y dumaing at ang kanilang daing ay umabot sa
Dios dahil sa pagkaalipin. At dininig ng Dios ang kanilang hibik, at [297]
naalaala ng Dios ang kanilang tipan kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob, at nilingap ng Dios ang mga anak ni Israel, at sila’y kinilala ng Dios.” Ang panahon ng pagliligtas sa Israel ay dumating na. Subalit ang layunin ng Dios ay isasakatuparan sa paraang ikahihiya ang pagmamataas ng tao. Ang tagapagligtas ay hahayo bilang isang abang pastor, na mayroon lamang tungkod sa kanyang kamay; subalit gagawin ng Dios ang kanyang tungkod bilang simbolo ng Kanyang kapangyarihan. Sa pag-aakay sa kanyang kawan isang araw malapit sa Horeb, “ang bundok ng Dios,” si Moises ay nakakita ng isang mababang punong kahoy na nag-aapoy, ang mga sanga, dahon, at puno, lahat ay nag-aapoy, gano’n pa man ay mukhang di nasusunog. Siya ay lumapit upang masdan ang magandang anyo noon, nang isang tinig mula sa apoy ay narinig niyang tinatawag ang kanyang pangalan. Nanginginig ang mga labi siya ay tumugon, “Narito ako.” Siya ay binabalaang huwag lalapit ng walang paggalang: “Hubarin mo ang panyapak ng iyong mga paa, sapagkat ang dakong iyong kinatatayuan ay banal na lupa.... Ako ang Dios ng iyong ama, ang Dios ni Abraham, ang Dios ni Isaac, at ang Dios ni Jacob.” “Siya yaong, bilang Anghel ng Tipan, ay nagpahayag ng Kanyang Sarili sa mga ninuno” “At si Moises nga ay nagtakip ng kanyang mukha; sapagkat siya’y natatakot na tumingin sa Dios.”

Ang pagpapakumbaba at paggalang ay kinakailangang mahayag sa lahat ng lumalapit sa harapan ng Dios. Sa ngalan ni Jesus tayo ay maaaring lumapit sa Kanya na may kalakasan ng loob, subalit hindi tayo dapat lumapit sa Kanya na may kapangahasan, na waring Siya

ay nasa katayuang tulad natin. Mayroong mga nakikipag-usap sa dakila at makapangyarihan sa lahat at banal na Dios, na ang tirahan ay nasa liwanag na di maaaring malapitan, na waring sila ay nagsasalita sa isang kapantas o maging sa isang nakabababa. Mayroong ang pagkilos sa kanyang templo ay hindi nila maaaring gawin sa silid tanggapan ng isang hari sa lupa kinakailangang tandaan ng mga ito na sila ay nasa harap ng sinasamba ng mga anghel, na sa harap Niya ang mga anghel ay magtatakip ng kanilang mga mukha. Ang Dios ay lubhang dapat igalang; ang lahat ng tunay na nakababatid ng Kanyang presensya ay yumuyuko na may pagpapakumbaba sa
[298] harap Niya, at, tulad ni Jacob sa pagkakaroon ng pangitain sa Dios, ay kanilang sasabihin, "Kakilakilabot na dako ito! ito'y hindi iba kundi bahay ng Dios, at ito ang pintuan ng langit."

Samantalang si Moises-ay naghihintay sa magalang na pagkaman- gha sa harapan ng Dios ang mga salita ay nagpatuloy: "Akin ngang nakita ang kadalamahatian ng Aking bayan na nasa Ehipto, at Aking dininig ang kanilang daing dahil sa mga tagapag-atang sa kanila; sapagkat talastas ko ang kanilang kapanglawan. At ako'y bumaba upang iligtas sila sa kamay ng mga Ehipcio at upang sila'y isampa sa isang mabuting lupain at malawak, mula sa lupaing yaon, sa isang lupaing binubukalan ng gatas at pulot.... Halika nga ngayon, at ikaw ay Aking susuguin kay Faraon, upang iyong ilabas sa Ehipto ang Aking bayan na mga anak ni Israel."

Labis ang pagtataka at natakot sa iniuutos, si Moises ay umatras, na nagsasabi, "Sino ako, upang pumaroon kay Faraon, at upang ilabas sa Ehipto ang mga anak ni Israel?" Ang tugon ay, "Tunay na Ako'y sasaiyo; at ito'y magiging tanda sa iyo, na ikaw ay Aking sinugo: Pagka iyong nailabas na sa Ehipto ang bayan ay maglilingkod kayo sa Dios sa bundok na ito."

Inisip ni Moises ang mga kahirapang sasalungahin, ang pagkabulag, kawalan ng kaalaman, at ang di pagsampalataya ng kanyang bayan, na karamihan ay wala nang kaalaman tungkol sa Dios. "Narito," wika niya, "pagdating Ko sa mga anak ni Israel, at sasabihin Ko sa kanila, Sinugo ako sa iyo ng Dios ng inyong mga magulang; at sasabihin nila sa akin, Ano ang kanyang pangalan? anong sasabihin ko sa kanila?" Ang tugon ay—

"AKO YAONG AKO NGA." Ganito ang sasabihin mo sa mga anak ni Israel, Sinugo ako sa inyo ni "AKO NGA."

Si Moises ay inutusang tipunin muna ang mga matanda ng Israel, ang pinakamarangal at matuwid sa kanila, na matagal nang namighati dahil sa kanilang pagkaalipin, at upang maghayag sa kanila ng isang balita mula sa Dios, na may pangako ng pagliligtas. At siya ay pupuntang kasama ng mga matanda sa harap ng hari, at sabihin sa kanya—

"Ang Panginoon, ang Dios ng mga Hebreo, ay nakipagtagpo sa amin: at ngayo'y pahintulutan mo kami na maglakbay, na tatlong araw sa ilang, upang kami ay makapaghain sa Panginoon naming Dios." [299]

Si Moises ay tinagubilinan na si Faraon ay tatanggi sa pakiusap na pahintulutang maglakbay ang Israel. Gano'n pa man ay hindi dapat mawalan ng lakas ng loob ang lingkod ng Dios; sapagkat gagamitin ng Panginoon ang pagkakataong ito upang ipakita ang Kanyang kapangyarihan sa harap ng mga Ehipcio at sa harap ng Kanyang bayan. "At Aking iuunat ang Aking kamay, at sasaktan Ko ang Ehipto ng Aking buong kababalaghan na Aking gagawin sa gitna niyaon at pagkatapos niyaon ay pahihintulutan niya kayong yumaon."

Nagbigay din ng tagubilin tungkol sa baon na kanilang dadalhin para sa kanilang paglalakbay. Sabi ng Panginoon, "Mangyayari, na pagyaon ninyo, ay hindi kayo yayaong walang dala: kundi bawat babae ay hihingi sa kanyang kapwa, at sa tumatahan sa kanyang bahay, ng mga hiyas na pilak, at mga hiyas na ginto at mga damit." Ang mga Ehipcio ay yumaman dahil sa di makatarungang pagpapatrabaho sa mga Israelita, at sapagkat ang huli ay magsisimula ng kanilang paglalakbay tungo sa kanilang bagong tahanan, marapat lamang na kunin nila ang gantimpala ng mga taon ng kanilang pag- lilingkod. Sila ay hihingi ng mga kagamitang mahahalaga, na mada- ling madadala, at ang Dios ay magbibigay sa kanila ng kaluguran sa harap ng mga Ehipcio. Ang makapangyarihang mga kababalaghang isasagawa para sa kanilang ikaliligtas ay maghahatid ng takot sa mga nang-api sa kanila, kung kaya't ang kahilingan ng mga alipin ay ipagkakaloob.

Nakita ni Moises sa harap niya ang mga kahirapang tila di malalampasan. Anong katibayan ang ipapahayag niya sa kanyang bayan na ang Dios nga ang nagsugo sa kanya? "Narito," wika niya, "hindi nila paniniwalaan ako, ni didinggin ang aking tinig: sapagkat kani-

lang sasabihin, Ang Panginoon ay hindi napakita sa iyo." Katibayang nangusap sa sarili niyang pakiramdam ang ibinigay ngayon. Siya ay inutusang ihagis ang kanyang tungkod sa lupa. Nang gawin niya iyon, "naging isang ahas; at si Moises ay tumakas sa harap ng ahas." Siya ay inutusang damputin iyon, at sa kanyang kamay ay naging tungkod iyon. Siya ay sinabihang ipasok ang kanyang kamay sa kanyang sinapupunan. Siya ay sumunod, at "nang kanyang ilabas ay narito, ang kanyang kamay ay may ketong, na maputing parang niebe." Nang sabihan na muli niya iyong ibalik sa kanyang sinapupunan, nakita niya na nang ilabas niya iyon ay naging tulad ng isa. Sa pamamagitan ng mga tandang ito ay tiniyak ng Panginoon
[300] kay Moises na ang sarili Niyang bayan, gano'n din si Faraon, ay maniniwala na Isang higit na makapangyarihan sa hari ng Ehipto ang hayag sa kanila.

Subalit ang lingkod ng Dios ay sinasapawan pa rin ng pag-iisip sa kakaiba at kahanga-hangang gawain sa harap niya. Sa kanyang pag- kalito at takot siya ngayon ay nagdahilan ng kakulangan sa pananali- ta: "Oh Panginoon, ako'y hindi marikit mangusap, kahit ng pana- hong nakaraan, kahit mula ng magsalita Ka sa iyong lingkod; sapagkat ako'y kimi sa pangungusap at umid sa dila." Siya ay matagal nang nalayo sa mga Ehipcio na wala na siyang malinaw na pagkaalam at handang paggamit ng kanilang wika gaya noong siya ay kasama pa nila.

Ang sabi sa kanya ng Panginoon, "Sinong gumawa ng bibig ng tao? O sinong gumawa ng pipi, o bingi, o may paningin, o bulag sa tao? Hindi ba akong Panginoon?" Dito ay idinagdag ang isa pang katiyakan ng pagtulong ng Dios: "Ngayon nga'y yumaon ka, at Ako'y sasaiyong bibig, at ituturo ko sa iyo kung ano ang iyong sasalitain." Subalit si Moises ay nakiusap pa rin na isang higit ang kakayanan ang mapili. Ang mga pagdadahilang ito sa simula ay mula sa pagpapakumbaba at pagkakimi; subalit matapos na makapangako ang Panginoon aalisin ang lahat ng kahirapan, at magbibigay sa kanya ng tagumpay, kung magkagano'n ang ano mang pagtanggi at pagdada- hilan tungkol sa pagiging di niya handa ay nagpapakita ng hindi pagtitiwala sa Dios. Naghahayag iyon ng isang pangambang hindi ng Dios magagawang ihanda siya para sa dakilang gawaing itinata- wag sa kanya, o na Siya ay nagkamali sa pagpili ng tao.

Si Moises ngayon ay itinuro kay Aaron, ang nakatatanda niyang kapatid, na, sa araw-araw na paggamit ng wika ng mga Ehipcio, ay mahusay sa pagsasalita noon. Siya ay sinabihan na si Aaron ay dara- ting upang siya ay salubungin. Ang sumunod na mga salita ay isang ganap na utos:

"At ikaw ay magsasalita sa kanya, at iyong isasa bibig niya ang mga salita: at Ako'y sasa iyong bibig at sasa kanyang bibig, at Aking ituturo sa inyo, kung ano ang iyong gagawin. At siya ang makikipag- usap sa lagay mo sa bayan: at mangyayari na siya'y magiging sa iyo'y bibig, at ikaw ay magiging sa kanya'y parang Dios. At tatangnan mo sa iyong kamay ang tungkod na ito, na iyong ipagagawa ng mga tanda." Hindi na siya makatatanggi pa, sapagkat ang lahat ng batayan ng pagdadahilan ay inalis. [301]

Ang banal na utos na ibinigay kay Moises ay nasumpungang siya'y di nagtitiwala sa sarili, hindi mahusay sa pagsasalita, at kimi. Siya ay inapawan ng pagkadama ng kanyang kakulangan upang maging taga- pagsalita ng Dios para sa Israel. Subalit minsang tinanggap ang ga- wain, ay pinasok niya iyon ang may buong puso, inilalagay ang buong pagtitiwala niya sa Panginoon. Ang kadakilaan ng kanyang tungkulin ay tumawag sa pinakamabuting paggamit ng kanyang isip. Pinagpala ng Panginoon ang pagiging handa niyang sumunod, at siya'y naging mahusay magsalita, puno ng pag-asa, mahinahon, at ganap na handa para sa pinakadakilang gawaing ipinagkaloob sa tao. Ito ang halim- bawa ng ginagawa ng Dios upang palakasin ang loob noong mga lubos na nagtitiwala sa Kanya at ibinibigay ang buong sarili sa Kanyang mga pag-uutos.

Ang tao ay nagkakaroon ng kapangyarihan at kahusayan samanta- lang tinatanggap niya ang mga tungkuling ibinibigay ng Dios sa kanya, at may pagsisikap ng buong kaluluwa niyang ini- aangkop ang kanyang sarili upang magampanan ang mga iyon ng wasto. Gaano man kaaba ang kanyang kalagayan o gaano man kaunti ang kanyang kakayanan, ang taong iyon ay magkakaroon ng tunay na kadakilaan na, nagtitiwala, sa kapangyarihan ng Dios, at nagsisikap na gam- panan ang kanyang gawain na may pagtatapat. Kung si Moises ay nagtiwala sa sarili niyang lakas at karunungan, at tmanggap ng may pananabik ang dakilang utos, maaaring naihayag lamang ang kanyang pagiging di karapat-dapat sa gano'ng gawain. Ang katotohanan na nadadama ng isang tao ang kanyang kahinaan ay

nagpapahayag ng ilang katibayan man lamang na nababatid niya ang kalawakan ng gawaing ipinagawa sa kanya, at kanyang gagawing tagapayo at kanyang kalakasan ang Dios.

Si Moises ay bumalik sa kanyang biyanang lalaki at inihayag ang kanyang pagnanais na madalaw ang kanyang mga kapatid sa Ehipto, ang pahintulot ni Jethro ay ipinagkaloob, kalakip ang kanyang bas-bas, "Yumaon kang payapa." Kasama ang kanyang asawa at mga anak, si Moises ay nagsimula sa paglalakbay. Hindi niya pinanga-hasang ihayag ang layunin ng kanyang gagawin, baka hindi sila paya- gang sumama sa kanya. Bago nakarating sa Ehipto, gano'n pa man, ay inisip niyang higit na mabuti para sa kanilang kaligtasan
[302] ang pauwiin sila sa Madian.

Isang lihim na pagkatakot kay Faraon at sa mga Ehipcio, na galit ay napasa kanya apatnapung taon na ang nakalilipas, ay naging sanhi upang si Moises ay higit pang mag-atubiling bumalik sa Ehipto; subalit nang siya ay nagsimulang sumunod sa utos ng Dios, inihayag sa kanya ng Panginoon na ang kanyang mga kaaway ay patay na.

Sa daan mula sa Madian, si Moises ay tumanggap ng isang kakila- kilabot na babala tungkol sa galit ng Panginoon. Isang anghel ang napakita sa kanya sa isang paraang nangatatakot, na tila siya ay big- lang papatayin. Walang ano mang dahilang inihayag; subalit naala- ala ni Moises na mayroong isang utos ang Dios na kanyang binaliwa- la; dahil sa pagsunod sa pamimilit ng kanyang asawa, kinaligtaan niyang isakatuparan ang pagtutuli sa bunso nilang anak. Kinaligtaan niyang sumunod sa kundisyon upang ang kanyang anak ay makabi- lang sa pangako ng Dios sa Israel; at ang gano'ng pagsuway sa bahagi ng kanilang piniling pinuno ay makapagpahina sa puwersa ng utos ng Dios sa kanyang bayan, si Sephora naman sa pangambang baka mamatay ang kanyang asawa, ay isinagawa ang pagtutuli, at si Moises ay pinahintulutan ng anghel na magpatuloy sa kanyang paglalakbay. Sa layunin ng kanyang pagtungo kay Faraon, si Moises ay mapapala- gay sa isang napakamapanganib na kalagayan; ang kanyang buhay ay maaaring maligtas lamang sa pag-iingat ng mga banal na anghel. Subalit samantalang nabubuhay sa di pagsunod sa isang nalalamang tungkulin, siya ay hindi maaaring maging ligtas; sapagkat hindi siya maiingatan ng mga anghel ng Dios.

Sa panahon ng kapighatian bago dumating si Kristo, ang mga matuwid ay maiingatan dahil sa paglilingkod ng mga makalangit na mga anghel; subalit hindi maiingatan yaong nagwawalang halaga sa isa sa mga utos ng Dios. [303]

## Kabanata 23—Ang Mga Salot sa Ehipto

Ang kabanatang ito ay batay sa Exodo 5 hanggang 10.

Si Aaron, sapagkat hinudyatan ng mga anghel, ay humayo upang salubungin ang kanyang kapatid, na matagal nang nalayo sa kanya; at sila ay nagtagpo sa kalagitnaan ng malungkot na ilang, malapit sa Horeb. Dito sila nag-usap, at sinabi ni Moises kay Aaron "ang lahat ng salita ng Panginoon, na ipinagbilin sa kanyang sabihin, at ang lahat ng tandang ipinagbilin sa kanyang gawin." Exodo 4:28. Mag- kasama silang nagtungo sa Ehipto; at nang makarating sa Gosen, ay kanilang tinipon ang mga matanda sa Israel. Inulit ni Aaron sa kanila ang lahat na sinabi ng Dios kay Moises, at ang lahat ng mga tandang ibinigay ng Dios kay Moises ay ipinakita sa harap ng bayan. "At ang bayan ay naniwala: at nang kanilang marinig na dinalaw ng Panginoon ang mga anak ni Israel, at Kanyang nakita ang kanilang kapighatian, at iniyukod nga nila ang kanilang mga ulo at sumamba." Talatang 31.

Si Moises ay inatasan ding maghatid ng balita sa hari. Ang magka- patid ay pumasok sa palasyo ng mga Faraon bilang kinatawan ng Hari ng mga hari, at sila'y nagsalita sa Kanyang pangalan: "Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, Bayaan mong ang Aking bayan ay yumaon upang ipagdiwang nila Ako ng isang kapistahan sa ilang."

"Sino ang Panginoon na aking pakikinggan ang kanyang tinig?" tanong ng hari; "Hindi ko nakikilala ang Panginoon at saka hindi ko pahihintulutang yumaon ang Israel."

Ang kanilang sagot ay, "Ang Dios ng mga Hebreo ay nakipagtagpo sa amin: pahintulutan mo nga kaming maglakbay ng tatlong araw sa ilang, at maghain sa Panginoon naming Dios, baka hulugan Niya kami ng salot o ng tabak."

Ang mga balita tungkol sa kanila at sa pansing iniuukol sa kanila ng mga tao ay nakarating na sa hari. Nag-alab ang kanyang galit. "Bakit kinakalagan ninyo, Moises at Aaron, ang bayan sa kanilang

mga gawain?" wika niya. "Pumaroon kayo sa mga atang sa inyo." [304]
Ang kaharian ay nakadarama na ng pagkalugi dahil sa pakikialam ng mga dayuhang ito. Sa kaisipang ito ay kanyang idinagdag, "Narito, ang mga tao sa lupain ay marami na ngayon, at inyong pinapagpahinga sila sa mga atang sa kanila."

Sa kanilang pagkaalipin ang mga Israelita sa ilang banda ay nawa- lan na nang kaalaman tungkol sa mga utos ng Dios, at sila ay nagsi- layo na sa mga iniuutos noon. Ang Sabbath ay kinaligtaan na ng karamihan, at sa mga ipinagagawa sa kanilang mga tagapag-atang naging mahirap para sa kanila ang ipangilin iyon. Subalit ipinahayag ni Moises sa kanyang bayan na ang pagsunod sa Dios ang unang kundisyon ng pagliligtas; at ang mga pagsisikap upang maipangilin ang Sabbath ay napuna ng mga nangaapi sa kanila.(Tingnan ang Apendiks, Nota 1.)

Ang hari, sa ganap na pagkilos, ay inisip na ang mga Israelita ay may panukalang maghimagsik sa paglilingkod sa kanya. Ang di pagkasiya ang sanhi ng hindi paggawa; titiyakin niyang walang panahon silang magagamit upang makapagpanukala ng gano'ng mapanganib na layunin. At kaagad siyang gumawa ng hakbang upang pahigpitin ang kanilang paggawa at supilin ang kanilang espiritu ng pagiging malaya. Nang araw ding yaon ay nagkaroon ng utos na ang kanilang mga atang ay higit pang gawing malupit at mapagpahirap. Ang pang- karaniwang ginamit na materiales sa paggawa ng gusali sa bansang iyon ay ang tinutuyo sa araw na laryo; ang mga pader ng pinakama- gandang gusali ay yari dito, at linalagyan ng bato sa harap; at ang paggawa ng laryo ay nangangailangan ng maraming bilang ng mga alipin. Tinutuyong damo na inihahalo sa putik, upang magdikit- dikit, at maraming damo ang kailangan para sa gawain; iniutos ngayon ng hari na hindi na magbibigay ng tinuyong damo; ang mga manggagawa na ang maghahanap ng mga yaon para sa kanilang sarili, samantalang gano'n ding bilang ng mga laryo ang kinakaila- ngan nilang gawin.

Ang utos na ito ay lumikha ng malaking pagkalito sa mga Israelita sa buong lupain. Ang mga Ehipciong tagapag-atang ay naglagay ng mga Hebreo upang subaybayan ang paggawa ng bayan. At ang mga tagasubaybay na ito ang nananagot sa mga ginawa ng nasasakupan nila. Nang ang utos ng hari ay ipinatupad, ang bayan ay kumalat sa buong lupain upang mamulot ng mga pinaggapasan

sa halip na tinuyong damo; subalit nasumpungan nilang mahirap ang magawa nila ang gano'n din karaming magagawa. Dahil dito
[305] ang mga Hebreong tagasubaybay ay mahigpit na sinaktan.

Inisip ng mga tagasubaybay na ang pang-aapi ay galing sa kanilang mga tagapag-atang at hindi sa hari; at sila'y nagtungo sa kanya upang magsumbong. At ang kanilang daing ay sinagot ng: "Kayo'y mga pagayon-gayon: kaya't inyong sinasabi, Bayaan mo kaming yumaon at maghain sa Panginoon." Sila ay inutusang magbalik sa kanilang mga gawain, na may pahayag na ang kanilang gawain ay hindi baba- wasan. Sa kanilang pagbalik, kanilang nakasalubong si Moises at si Aaron, at sinabi sa kanila, "Kayo nawa'y tunghan ng Panginoon, at hatulan; sapagkat ang aming katayuan ay ginawa n'yong nakakamuhi sa mga mata ni Faraon, at sa mga mata ng kanyang mga lingkod, na naglagay ng tabak sa kanilang mga kamay upang kami ay patayin."

Samantalang si Moises ay nakikinig sa mga paninising ito siya ay lubhang napighati. Ang paghihirap ng mga tao ay higit na nadagdagan. Sa buong lupain ay nagkaroon ng pag-iyak ng kawalan ng pag-asa mula sa mga matanda at mga bata, at ang lahat ay nagkaisa sa pagpaparatang sa kanya sa nakapipinsalang pagbabago sa kanilang kalagayan. Sa kapighatian siya ay humarap sa Panginoon, na umiiyak, "Panginoon, bakit Mo ginawan ng kasamaan ang bayang ito? Bakit Mo sinugo ako? Sapagkat mula nang ako'y pumaroon kay Faraon na magsalita sa Iyong pangalan, ay kanyang ginawan ng kasamaan ang bayang ito; at ni hindi Mo man iniligtas ang iyong bayan." Ang tugon ay, "Ngayo'y iyong makikita kung ano ang gagawin Ko kay Faraon: sapagkat sa pamamagitan ng isang malakas na kamay ay payayaunin niya sila sa kanyang lupain." At muli ay ipinaalaala sa kanya ang tipan ng Dios sa mga ama, at tiniyak na iyon ay matutu- pad.

Sa panahon ng pagkaalipin sa Ehipto ay mayroong ilan sa mga Israelita ang nanatili sa pagsamba kay Jehova. Ang mga ito ay lubos na nalungkot sa tuwing minamasdan nila ang kanilang mga anak araw-araw na nasasaksihan ang karumihan ng mga hindi kumildlala sa Dios, at yumuyukod na rin sa kanilang mga diyus-diyusan. Sa kanilang kawalan ng pag-asa sila ay tumawag sa Panginoon upang iligtas sila mula sa pagkaalipin sa Ehipto, upang sila'y makalaya sa nakakahawang impluwensya ng pagsamba sa mga diyus-diyu-

san. Hindi nila ikinubli ang kanilang pananampalataya, sa halip ay inihayag sa mga Ehipcio na ang kanilang sinasamba ay ang Manlalalang ng langit at ng lupa, ang natatanging tunay at nabubuhay na Dios. Binanggit nila ang mga katibayan tungkol sa Kanya at sa [306] Kanyang kapangyarihan, mula sa paglalang hanggang sa mga araw ni Jacob. Kung kaya ang mga Ehipcio ay nagkaroon ng pagkakataon upang makilala ang relihiyon ng mga Hebreo; subalit sa pag-iwas na sila'y maturuan ng kanilang mga alipin, ay sinikap nilang akitin ang mga sumasamba sa Dios sa pamamagitan ng mga kaloob, at, sa pagkabigo dito, sa pama-magitan ng pananakot at kalupitan.

Sinikap ng mga matanda sa Israel na papanatilihin ang lumulubog na pananampalataya ng kanilang mga kapatid sa pamamagitan ng pagpapaalaala sa mga pangako sa kanilang mga ama, at ang makapropetang pananalita ni Jose bago siya mamatay, naghahayag ng kanilang paglaya mula sa Ehipto. Ang ilan ay makikinig at maniniwala. Ang iba naman, sa pagtingin sa kalagayang nasa palibot nila, ay tumangging magka pag-asa. Ang mga Ehipcio, nang marinig ang sinasabi ng kanilang mga alipin, hinamak ang kanilang pag-asa at mapanglibak na tinanggihan ang kapangyarihan ng kanilang Dios. Binanggit nila ang kanilang kalagayan bilang isang bansa ng mga alipin, pakutyang sinabi, "Kung ang inyong Dios ay makatarungan at mahabagin, at may kapangyarihang higit sa kapangyarihan ng mga diyos ng Ehipto, bakit hindi niya kayo gawing isang malayang bayan?" Binigyang pansin nila ang sarili nilang kalagayan. Sila ay sumasamba sa mga diyos na tinatawag ng mga Israelitang hindi tunay na Dios, gano'n pa man sila ay isang mayaman at makapangyarihang bansa. Kanilang sinabi na ang kanilang mga diyos ang nagpala sa kanila ng pagiging maunlad, at ibinigay sa kanila ang mga Israelita bilang mga alipin, at sila ay nagmalaki sa kanilang kapangyarihan upang mang-api at pumatay ng mga sumasamba kay Jehova. Si Faraon mismo ay nagmalaki na ang Dios ng mga Hebreo ay hindi makapag- papalaya sa kanila mula sa kanyang mga kamay.

Ang mga salitang tulad nito ay sumira sa kalooban ng marami sa mga Israelita. Ang kalagayan ay naging tulad sa sinasabi ng mga Ehipcio. Totoo na sila'y mga alipin, at kinakailangan pagdusahan ang ano mang ipataw sa kanila ng kanilang malulupit na mga tagapag-atang. Ang kanilang mga anak ay pinaghahanap at pinatay, at ang sarili nilang mga buhay ay pawang kabigatan. Gano'n pa

man sila ay sumasamba sa Dios ng langit. Kung si Jehova ay tunay
na higit sa lahat ng mga diyos, tiyak na hindi niya sila iiwan sa
pagkaalipin sa mga sumasamba sa diyus-diyusan. Subalit yaong
[307] mga tapat sa Dios ay nakababatid na ang dahilan noon ay ang
[308] pagtalikod ng Israel mula sa Kanya—dahil sa kanilang hilig na mag-
asawa ng hindi ku- mikilala sa Dios, kaya't naakay sa pagsamba sa
[309] mga diyus-diyusan— kung kaya't pinahintulutan ng Dios na sila ay
maging mga alipin; may katiyakan nilang pinasigla ang kanilang
mga kapatid at di mag- tatagal Kanyang aalisin ang pamatok ng mga
umaapi sa kanila.

Inasahan ng mga Hebreo na magkakaroon sila ng kalayaan na walang ano mang natatanging pagsubok sa kanilang pananampalataya o ano mang pagdurusa o kahirapan. Subalit hindi pa sila handa upang mailigtas. Maliit ang kanilang pananampalataya sa Dios, at hindi handa upang pagtiisan ang kanilang mga paghihirap hanggang makita Niyang panahon na upang gumawa para sa kanila. Marami ang nasisiyahan na manatili sa pagkaalipin sa halip na harapin ang mga kahirapang kalakip ng paglipat sa isang di alam na lupain; at ang ugali ng iba ay naging halos katulad na ng mga Ehipcio kung kaya't higit na gusto nila ang manatili sa Ehipto. Kung kaya't hindi sila iniligtas ng Dios sa unang pagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan sa harap ni Faraon. Ginamit niya ang mga pangyayari upang higit pang papag-ibayuhin ang malupit na kalooban ng hari ng Ehipto at upang ihayag ang Kanyang sarili sa Kanyang bayan. Pagkakita sa Kanyang katarungan, Kanyang kapangyarihan, at ang Kanyang pag-ibig, kanilang pipiliin ang iwanan ang Ehipto at ibigay ang kanilang mga sarili sa paglilingkod sa Kanya. Ang gawain ni Moises ay naging hindi gaanong mahirap kung di dahil sa marami sa mga Israelita ang naimpluwensyahan ng gano'n na lamang kung kaya't ayaw na nilang umalis sa Ehipto.

Inutusan ng Panginoon si Moises na muling magbalik sa mga tao at ulitin sa kanila ang pangako ng pagliligtas, na may sariwang katiyakan ng kalooban ng Dios. Siya ay humayo ayon sa iniutos sa kanya; subalit sila'y hindi nakinig. Ayon sa kasulatan, "hindi sila nakinig...dahil sa yamot, at dahil sa mabagsik na pagkaalipin." At muli ang utos ng Dios ay dumating kay Moises, "Pumasok ka, sali- tain mo kay Faraon na hari sa Ehipto, na kanyang pahintulutang umalis sa lupain niya ang mga anak ni Israel." Sa pagkasira ng loob

ay tumugon siya, "Narito, ang mga anak ni Israel ay hindi nakinig sa akin; paano ngang si Faraon ay makikinig sa akin?" Siya ay pinagbilinang isama si Aaron at humarap kay Faraon, at muling hilingin, "na kanyang pahintulutang umalis sa lupain niya ang mga anak ni [310]
Israel."

Siya ay binalaan na hindi papayag ang hari hanggang hindi hinahatulan ng Dios ang Ehipto at ilinalabas ang Israel sa pagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan. Bago ilapat ang bawat salot, ilalarawan ni Moises ang likas noon at ang mga ibubunga, upang maaaring piliin ng hari na iligtas ang kanyang sarili mula doon kung kanyang nanaisin. Ang bawat parusang tatanggihan ay susundan ng higit na malalang parusa, hanggang ang mapagmalaki niyang puso ay mapaba- ba, at kanyang kilalanin ang Manlalalang ng langit at ng lupa bilang siyang tunay at buhay na Dios. Bibigyan ng Panginoon ang mga Ehipcio ng pagkakataon upang makita kung gaano kawalang kabulu- han ang karunungan ng kanilang malakas na lalaki, gaano kahina ang kanilang mga diyos, kapag lumaban sa mga utos ni Jehova. Kanyang parurusahan ang mga Ehipcio dahil sa kanilang pagsamba sa mga diyus-diyusan at upang patahimikin ang kanilang pagmamalaki sa mga pagpapalang tinanggap sa mga diyos nilang walang pakiram- dam. Luluwalhatiin ng Dios ang Kanyang pangalan, upang marinig ng ibang mga bansa ang tungkol sa Kanyang kapangyarihan at ma- nginig sa Kanyang makapangyarihang mga gawa, at upang ang Kanyang bayan ay maakay mula sa kanilang pagsamba sa diyus- diyusan at magkaloob sa Kanya ng dalisay na pagsamba.

Si Moises at si Aaron ay muling pumasok sa marilag na bulwagan ng hari ng Ehipto. Doon, napapalibutan ng matataas na haligi at nagniningning na mga palamuti, magagandang pintura at inanyuang wangis ng diyus-diyusan, sa harap ng hari ng pinakamakapangyarihang kaharian noon, tumindig ang dalawang kinatawan ng inaliping lahi, upang ulitin ang utos ng Dios tungkol sa pagpapalaya sa Israel. Ang hari ay humiling ng isang kababalaghan, bilang katibayan ng pagkakasugo sa kanila ng Dios. Si Moises at Aaron ay hinamon kung ano ang gagawin sakaling magkaroon ng ganoong kahilingan, kaya't kinuha ngayon ni Aaron ang tungkod, at inihagis iyon sa harap ni Faraon. Iyon ay naging isang ahas. Ipinatawag ng hari ang kanyang mga "marunong at mga manghuhula," na "inihagis

ang bawat isa ang kani-kanyang tungkod, at nangaging ahas: ngunit nilamon ng tungkod ni Aaron ang mga tungkod nila." At ang hari, higit pang pinagtibay ang kanyang kapasyahan, ay nagsabing ang kapangyarihan ng kanyang mga mahiko ay makapangyarihan din tulad ng kapangyarihan ni Moises at ni Aaron; pinaratangan
[311] niya ang mga ling- kod ng Panginoon bilang mga manlilinlang, at nag-akalang ligtas ang kanyang sarili sa pagtanggi sa kanilang mga kahilingan. Gano'n pa man bagamat tinanggihan niya ang kanilang pabalita, siya ay pinigilan ng kapangyarihan ng Dios sa pananakit sa kanila.

Ang kamay ng Dios, at walang lakas ng tao o kapangyarihang taglay ni Moises o ni Aaron, ang ginamit sa milagrong ipinakita nila sa harap ni Faraon. Ang mga kababalaghang iyon ay inihanda upang papagpaniwalain si Faraon na ang dakilang "AKO NGA" ang nagsu- go kay Moises, at katungkulan ng hari ang pahintulutang umalis ang bayang Israel, upang mapaglingkuran nila ang buhay na Dios. Ang mga mahiko ay nagpakita rin ng mga kababalaghan; sapagkat hindi nila ginawa iyon sa pamamagitan ng sarili nilang kakayanan lamang, kundi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanilang diyos, si Satanas, na tumulong sa kanila sa paglaban sa gawa ni Jehova.

Hindi tunay na ginawa ng mga mahiko na ang kanilang mga tungkod ay maging ahas; subalit sa pamamagitan ng mahiko, at tulong ng dakilang manlilinlang, nagawa nila ang gano'ng hitsura. Wala sa kapangyarihan ni Satanas ang gawing mga ahas ang mga tungkod. Ang prinsipe ng kasamaan, bagaman taglay ang lahat ng karunungan at lakas ng isang nahulog na anghel, ay walang kapangyarihang luma- lang, o magbigay ng buhay; ito ay para lamang sa Dios. Subalit ang lahat ng nasa kanyang magagawa ay kanyang ginawa; siya ay gumawa ng isang huwad. Sa paningin ng tao ang mga tungkod ay naging mga ahas. At ang gano'n ay pinaniwalaan ni Faraon at ng kanyang mga kasama sa palasyo. Ang anyo ng mga yaon ay katulad na katulad ng hugis ng ginawa ni Moises. Bagaman ipinakain ng Panginoon sa tunay na ahas yaong mga hindi tunay, maging ito ay itinuring ni Faraon, hindi bilang gawa ng kapangyarihan ng Dios, kundi bilang bunga ng isang uri ng mahiko na higit na mahusay sa mahiko ng kanyang mga lingkod.

Nais ni Faraon na bigyan ng katuwiran ang kanyang katigasan sa pagtanggi sa iniuutos ng Dios, kung kaya't naghahanap siya ng mapag- babatayan ng kanyang pagwalang halaga sa kababalaghang ginawa ng Dios sa pamamagitan ni Moises. Ibinigay ni Satanas sa kanya kung ano ang kanyang ninanais. Dahil sa kanyang ginawa sa pamamagitan ng mga mahiko, ginawa niyang isipin ng mga Ehipcio na si Moises at si Aaron ay pawang mga mahiko at mga manggagaway, at ang mensaheng inihahatid nila ay hindi maaaring ituring na nang- galing sa isang higit na makapangyarihang kinapal. Kaya't [312]
natupad ang layunin ng huwad na ginawa ni Satanas, ang palakasin ang loob ng mga Ehipcio sa kanilang paglaban, at pinapamatigas ang puso ni Faraon laban sa paniniwala. Nais ding papanghinain ni Faraon ang pananampalataya ni Moises at ni Aaron sa banal na pinagmulan ng kanilang gawain, upang ang kanyang mga kasangkapan ay manaig. Hindi niya gustong ang mga anak ni Israel ay maalis sa pagkaalipin, upang maglingkod sa buhay na Dios.

Subalit ang prinsipe ng kasamaan ay may higit pang malalim na layunin sa pagpapakita ng kanyang mga gawa sa pamamagitan ng mga mahiko. Alam niya na si Moises, sa ginagawang pagpapalaya sa mga anak ni Israel mula sa pagkaalipin, ay kumakatawan kay Kristo, na magpapalaya sa sangkatauhan mula sa pangingibabaw ng kasala- lan. Alam niya na kung si Satanas ay mahayag, makapangyarihang mga kababalaghan ang papangyarihin bilang patotoo sa sanlibutan na ang Dios ang nagsugo sa kanya. Si Satanas ay nanginig sa kanyang kapangyarihan. Sa pamamagitan ng paggaya sa ginawa ng Dios sa pamamgitan ni Moises, inaasahan niya hindi lamang ang paghad- lang sa pagpapalaya sa Israel, kundi pati ang magkaroon ng impluwensya sa mga darating na panahon na sirain ang pananampalataya sa mga milagro ni Kristo, at upang patatagin ang sarili niyang kapangyarihan at mga pag-aangkin. Inaakay niya ang mga tao upang maniwala na ang mga milagro ni Kristo ay bunga ng kakayanan ng tao o ng kapangyarihan. Sa maraming mga isipan kanyang sinisira ang pananampalataya kay Kristo bilang anak ng Dios, at inaakay sila upang tanggihan ang mabiyaya Niyang mga alok ng awa na nasa panukala ng pagtubos.

Si Moises at si Aaron ay inutusang pumunta sa tabi ng ilog sa kinaumagahan, kung saan ang hari ay malimit nagtutungo. Ang masaganang pag-agos ng Ilog Nilo bilang pinagkukunan ng pagkain at

kayamanan para sa buong Ehipto, ang ilog ay sinasamba bilang isang diyos, at ang hari ay pumaparito araw-araw upang magdasal. Dito ay muling inulit ng magkapatid ang mensahe sa kanya, at kanilang iti- naas ang tungkod at pinalo ang tubig. Ang binabanal na ilog ay naging dugo, ang mga isda ay namatay, at ang amoy ng ilog ay bumaho. Ang tubig sa mga bahay, ang nakatabi sa mga banga, ay naging dugo rin. Subalit "ang mga mahiko sa Ehipto ay gumawa ng gayon din, sa pamamagitan ng kanilang mga enkanto," at "si
[313] Faraon ay pumihit at umuwi sa kanyang bahay, na hindi man lamang nabag- bag ang kanyang puso." Sa loob ng pitong araw ang salot ay nagpa- tuloy, subalit walang ano mang ibinunga.

Muli ang tungkod ay itinaas sa mga tubig, at ang mga palaka ay nagsiahon mula sa ilog, at kumalat sa buong lupain. Pinuno nila ang mga bahay, pumasok sa mga silid tulugan, at maging sa mga pinaglu- lutuan ng tinapay at pinagmamasahan. Ang palaka ay itinuturing na banal ng mga Ehipcio, at hindi nila iyon pinapatay; subalit ang ma- lansang peste ay hindi na nila ngayon matiis. Kanilang kinalatan pati ang mga palasyo ni Faraon, at ang hari ay hindi nakapagpigil sa pagpapaalis sa mga iyon. Ang mga mahiko ay nakagawa rin ng ka- mukha ng mga palaka, subalit hindi nila mapaalis ang mga iyon. Nang makita ito, si Faraon ay parang nababa. Ipinatawag niya si Moises at si Aaron, at sinabi, "Manalangin kayo sa Panginoon na alisin ang palaka sa akin, at sa aking bayan; at aking tutulutang yumaon, ang bayan upang sila'y makapaghain sa Panginoon." Mata- pos ipaalaala sa hari ang dati niyang pagmamalaki, humiling silang magtakda ng panahon kung kailan sila dadalanging alisin ang mga salot. Itianakda niya ang sunod na araw, palihim na iniisip na sa loob ng panahong iyon ang mga palaka ay kusang mag-aalisan, at maili- ligtas ang kanyang sarili mula sa mapait na kahihiyan sa pagsuko sa Dios ng Israel. Gano'n pa man, ang salot ay nagpatuloy hanggang sa panahong itinakda, nang sa buong Ehipto ang mga palaka ay nanga- matay, at ang kanilang mabahong mga bangkay, na naiwan, ay nag- parumi sa hangin.

Maaari sanang pinanauli ng Dios sa alabok ang mga iyon sa isang sandali; subalit hindi Niya ito ginawa, baka pagka alis sa mga iyon, ay sabihin ng hari at ng kanyang bayan na iyon ay gawa lamang ng panggagaway o pangbabalani, tulad ng ginawa ng mga mahiko. Ang mga palaka ay nangamatay, at tinipong nangakabunton.

Sa pamamagitan nito ang hari at ang buong Ehipto ay nagkaroon ng kati- bayang hindi nila maitanggi ng walang kabuluhan nilang pilosopiya, na ang gawang ito ay hindi ginawa sa pamamagitan ng mahiko, kundi bilang isang hatol mula sa Dios ng langit.

"Nang makita ni Faraon na may pahinga ay pinapagmatigas ang kanyang puso." Sa utos ng Dios, itinaas ni Aaron ang kanyang kamay, at ang alikabok ng lupa ay naging kuto sa buong lupain ng Ehipto. Tinawag ni Faraon ang mga mahiko upang gawin din iyon, subalit hindi nila magawa. Ang gawa ng Dios ay ipinakitang higit [314] sa gawa ni Satanas. Inamin ng mga mahiko, "Ito'y daliri ng Dios." Subalit ang hari ay hindi pa rin nakilos.

Ang pakiusap at babala ay walang nagawa, at isa pang hatol ang pinarating. Ang oras ng pagdating noon ay itinakda upang huwag masabing iyon ay nagkataon lamang. Pinuno ng langaw ang mga bahay at kumalat sa lupa, ano pa't "nasisira ang lupa dahil sa mga pulu-pulutong na langaw." Ang mga langaw na ito ay malalaki at makamandag; at ang kanilang kagat ay lubhang masakit para sa tao at sa mga hayop. At gaya ng pagkakasaad, ang salot na ito ay hindi umabot sa lupain ng Gosen.

Si Faraon ngayon ay nag-alok na kanyang pahihintulutang maghain ang mga Israelita sa Ehipto, subalit tumanggi silang tanggapin ang gano'ng kundisyon. "Hindi marapat na aming gawing ganyan," wika ni Moises, "narito, ihahain ba namin ang kasuklam-suklam ng mga Ehipcio sa harap ng kanilang mga mata at di ba nila kami babatuhin?" Ang mga hayop na ipahahain sa mga Hebreo ay kabilang sa mga itinuturing na banal ng mga Ehipcio; at gano'n na lamang ang paggalang nila sa mga hayop na iyon, na ang pumatay ng isa, hindi man iyon sinasadya, ay isang krimen at marapat parusahan ng kamatayan. Imposibleng makasamba ang mga Hebreo sa Ehipto na hindi ikagagalit ng kanilang mga panginoon. Muling hiniling ni Moises na sila'y pahintulutang maglakbay ng tatlong araw tungo sa ilang. Ang hari ay sumang-ayon, at nakiusap sa mga lingkod ng Dios na idalanging ang salot ay maalis. Ipinangako nilang gagawin iyon, subalit binabalaan siya sa panlilinlang sa kanila. Ang salot ay inalis, subalit ang puso ng hari ay pinagmatigas sa pagiging mapilit sa pagla- ban, at siya'y tumanggi pa ring sumang-ayon.

Isang higit na malalang salot ang sumunod,—pagkapeste ng lahat ng mga hayop ng mga Ehipcio sa parang. Kapwa ang binabanal na

mga hayop at mga hayop na ginagamit sa trabaho—baka at guya at tupa, mga kabayo at kamelyo at asno—lahat ay nangapuksa. Malinaw na ipinahayag na ang mga Hebreo ay hindi maaapektuhan; at si Faraon na nagsugo ng mga lingkod sa tahanan ng mga Israelita, ay nagpatotoo sa katotohanan ng pahayag na ito ni Moises. "Walang namatay kahit isa sa kawan ng mga Israelita." Ang hari ay nagmatigas pa rin.

Si Moises ay inutusang kumuha ng abo sa hurno, at "isaboy
[315] sa himpapawid sa paningin ni Faraon." Ang ginawang ito ay may mala- lim na kahulugan. Apat na taon na ang nakalilipas, ipinakita ng Dios kay Abraham ang pagkaalipin ng Kanyang bayan sa hinaharap, sa anyo ng isang umuusok na hurno at isang nagsisinding ilawan. Kanyang sinabi na Kanyang hahatulan ang mga mang-aapi sa kanila, at ilalabas ang mga bihag na may malaking kayamanan. Sa Ehipto, ang Israel ay matagal na nagdusa sa apoy ng paghihirap. Ang ginawang ito ni Moises ay isang katiyakan para sa kanila na ang Dios ay tapat sa Kanyang pangako, at ang panahon ng pagliligtas sa kanila ay dumating na.

Samantalang ang abo ay isinasaboy sa himpapawid, ang mga pinong butil ay kumalat sa buong lupain ng Ehipto, at saan man iyon lumapag, ay nagkakaroon ng pigsa "at naging bukol na naknakin sa tao at sa hayop." Ang mga pari at mahiko at palaging nagpapasigla kay Faraon sa kanyang katigasan, subalit ngayon isang hatol ang dumating na nakaapekto sa kanila mismo. Hinampas ng isang mabaho at masakit na karamdaman, ang kanilang ipinagmamalaking kapangyarihan ay naging sanhi lamang lalo ng kanilang kahihiyan, hindi na sila makala- ban pa sa Dios ng mga Israelita. Nakita ng buong bansa ang ka- hangalan ng pagtitiwala sa mga mahiko, ng hindi nila maingatan maging ang sarili nilang pagkatao.

Ang puso ni Faraon ay higit pa ring nagmatigas. At ngayon siya ay pinadalhan ng Dios ng isang mensahe, na nagsasabi, "ngayo'y ibubug- so ko na ang lahat ng aking salot sa iyong puso, at sa iyong mga lingkod, at sa iyong bayan upang iyong malamang walang gaya Ko sa buong lupa...na dahil dito ay pinatayo kita, upang maipakilala sa iyo ang Aking kapangyarihan." Hindi ibig sabihin na siya ay binigyan ng Dios ng buhay para sa Iayuning ito, kundi ginamit Niya ang mga pangyayari upang mailagay siya sa trono sa panahong ito ng pagpapalaya sa Israel. Bagaman ang malupit na haring ito dahil

sa kanyang buhay ay iningatan upang sa pamamagitan ng kanyang katigasan ay maipakita ng Panginoon ang Kanyang mga kababalaghan sa lupain ng Ehipto. Ang nagaganap na mga pangyayari ay ayon sa kalooban ng Dios. Maaari sanang naglagay Siya ng isang higit na mahabaging hari, na hindi magmamatigas sa makapangyarihang pagpapahayag ng mga kababalaghan ng Dios. Subalit sa gano'ng kalagayan ang layunin ng Dios ay hindi matutupad. Ang Kanyang bayan ay pina- hintulutang makaranas ng mapait na kalupitan ng mga Ehipcio, upang sila ay hindi malinlang ng nakakababang [316]
impluwensya ng pagsamba sa diyus-diyusan. Sa kanyang pakikitungo kay Faraon, ay ipinahayag ng Panginoon ang Kanyang galit sa pagsamba sa diyus- diyusan, at ang Kanyang layuning parusahan ang kalupitan at pang- aapi.

Ang Dios ay nagpahayag tungkol kay Faraon, "aking papagmama- tigasin ang kanyang puso, at hindi niya tutulutang yumaon ang bayan." Exodo 4:21. Walang ginamit na ibayong kapangyarihan upang patigasin ang puso ng hari. Ibinigay ng Dios kay Faraon ang pinaka- hayag na katibayan ng kapangyarihan ng Dios, subalit ang hari ay nagmatigas sa pagtanggi sa liwanag. Bawat pagpapahayag ng kapangyarihan ng Dios, na kanyang tinanggihan, ay naging sanhi u- pang higit pa siyang maging matigas sa kanyang paglaban. Ang mga binhi ng paglaban na kanyang inihasik nang kanyang tanggihan ang unang himala, ay lumikha ng kanilang ani. Samantalang siya ay na- ngangahas na sumunod sa sarili niyang landas, mula sa isang antas ng katigasan tungo sa ibayong antas, ang kanyang puso ay higit pang naging matigas, hanggang sa siya ay tawagan upang tumingin sa malamig, at patay na mga mukha ng panganay.

Ang Dios ay nagsasalita sa mga tao sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod, nagbibigay ng mga pahiwatig at mga babala, at sinasaway ang kasalanan. Nagbibigay Siya sa bawat isa ng pagkakataon upang baguhin ang kanilang mga pagkakamali bago sila maging ba- hagi ng pagkatao; subalit kung ang isa ay tumangging mabago, ang kapangyarihan ng Dios ay hindi humahadlang upang labanan ang sarili niyang gawa. Nagiging napakadali para sa kanya ang muling gawin iyon. Kanyang tinitigasan ang kanyang puso laban sa impluwensya ng Banal na Espiritu. Ang ibayo pang pagtanggi sa liwanag ay naglalagay sa kanya sa lugar na ang higit na makapang-

yarihang impluwensya ay hindi magiging mabisa upang lumikha ng nananatiling pagbabago.

Siya na minsan ay nagbigay daan sa tukso ay higit na nagiging handang humina sa susunod na pagkakataon. Bawat pag-ulit sa kasalanan ay nakapagpapahina ng kanyang kapangyarihan upang tumanggi, binubulag ang kanyang mga mata, at pinapupurol ang kanyang paniniwala. Ang bawat binhi ng pagpapalaya sa sariling inihasik ay nagbubunga. Ang Dios ay hindi gumagawa ng himala upang mahadlangan ang ani. "Ang lahat na ihasik ng tao, ay siya
[317] namang aanihin niya." Galacia 6:7. Siya na nagpapakita ng pagmamatigas ng isang di sumasampa-lataya, ng isang pagwawalang bahala sa mga banal na katotohanan, ay aani lamang ng kung ano ang kanyang inihasik. Iyon ang dahilan kung bakit marami ang di man lamang nakikilos sa pakikinig sa mga katotohanan na dati'y umantig sa kanilang mga kaluluwa. Sila ay naghasik ng pagkalimot, at paglaban sa katotohanan, at gano'n ang kanilang inaani.

Yaong mga nagwawalang halaga sa sumbat ng paggawa ng isang kasalanan sa kaisipan na sila'y magbabago kung kailan nila maisipan, at maaari nilang hindi pansinin ang mga paanyaya ng kaawaan, at paulit-ulit pa silang makadarama ng gano'n, ay gumagawa ng ganito para sa kanilang ikapapahamak. Kanilang iniisip na matapos ilagak ang kanilang impluwensya sa panig ng dakilang rebelde, sa isang sandali ng matinding kagipitan, kapag ang panganib ay nakapaligid sa kanila, na sila ay makapagpapalit ng lider. Subalit ito ay hindi madaling gawin. Ang karanasan, kasanayan, at disiplina ng isang buhay na nagpapahintulot sa kasalanan, ay gumawa ng husto upang mahubog ang pagkatao anupa't hindi nila matanggap ang wangis ni Jesus. Kung wala pa sanang liwanag sa kanilang landas, ang kalagayan ay maiiba. Maaari sanang makapamagitan ang awa, at mabigyan sila ng pagkakataon upang matanggap ang kanyang mga mungkahi; subalit matapos na ang liwanag ay matagal nang tinatanggihan at, iyon ay inaalis sa wakas.

Isang salot ng granizo ang sunod na ipinangtakot kay Faraon, na may babala, "Ngayon nga'y magsugo ka, ipasilong mo ang iyong mga hayop at lahat ng iyong tinatangkilik sa parang; sapagkat bawat tao at hayop na maabutan sa parang, at hindi masisilong, ay lalagpakan ng granizo at mamamatay." Ang ulan o granizo ay di pang-karaniwan sa Ehipto, at ang gano'ng uri ng bagyong inihayag

ay di pa kailan man nasasaksihan. Ang balita ay mabilis na kumalat, at lahat ng naniwala sa salita ng Panginoon ay tinipon ang kanilang mga kawan, samantalang yaon namang hindi naniwala ay iniwan ang kanilang kawan sa parang. Kaya't sa kalagitnaan ng paghuhukom ang habag ng Dios ay inihayag, ang mga tao ay nasubok, at nakita kung ilan sa mga tao ang nagkaroon ng takot sa Dios sa pagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan.

Ang bagyo ay dumating gaya ng ibinanta,—kulog at granizo, at apoy ay magkakasama, "napakalakas, na kailan ma'y hindi nagkaroon sa buong lupain ng Ehipto mula nang maging bansa. At sinalot [318]
ng granizo ang buong lupain ng Ehipto, ang lahat na nasa parang, maging tao at maging hayop, at sinalot ng granizo ang lahat ng halaman sa parang, at binali ang lahat ng punong kahoy sa parang." Pagkawasak at kalagiman ang naging anyo ng dinaanan ng pumupuksang anghel. Ang lupain lamang ng Goshen ang hindi nasira. Inihayag sa mga Ehipcio na ang daigdig ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng buhay na Dios, na ang mga elemento ay sumusunod sa Kanyang tinig, at ang tanging kaligtasan ay nasa pagsunod lamang sa Kanya.

Ang buong Ehipto ay nanginig sa nakasisindak na pagbubuhos ng hatol ng Dios. Madaling ipinatawag ni Faraon ang dalawang magka- patid, at nagsabi, "Ako'y nagkasala ngayon: ang Panginoo'y matuwid, at ako at ang aking bayan ay masama. Dalanginan ninyo ang Panginoon upang hindi na magkaroon ng sukat na malalakas na kulog at granizo; at kayo'y aking papayaunin, at di ko na kayo bibinbinin." Ang sagot ay, "Paglabas ko sa bayan, ay aking ilalahad ang aking mga kamay sa Panginoon; at ang mga kulog ay titigil, at hindi na magkakaroon pa ng anumang granizo; upang iyong maalaman na ang lupa'y sa Panginoon. Ngunit tungkol sa iyo at sa iyong mga lingkod, ay nalalaman ko, na di pa kayo matatakot sa Panginoong Dios."

Alam ni Moises na ang labanan ay di pa tapos. Ang mga pahayag at pangako ni Faraon ay di bunga ng ano mang dagliang pagbabago sa kanyang isip o puso, kundi mga napiga sa kanya ng takot at pamimighati. Si Moises ay nangako, gano'n pa man, na ipagkakaloob ang kanyang kahilingan; sapagkat hindi na niya siya bibigyan ng pagkakataon upang magmatigas. Ang propeta ay yumaon, hindi pi- napansin ang kalakasan ng bagyo, at si Faraon at ang

kanyang mga kasama ay nasaksihan ang kapangyarihan ni Jehova sa pag-iingat sa kanyang lingkod. Nang makalabas sa lungsod, ang ginawa ni Moises ay "inilahad ang kanyang mga kamay sa Panginoon: at ang mga kulog at ang granizo ay tumigil, at ang ulan ay di na lumagpak sa lupa" Subalit nang ang hari ay mahimasmasan sa kanyang takot, ay nanumbalik ang kanyang puso sa kanyang kasamaan.

At sinabi ng Panginoon kay Moises, "Pasukin mo si Faraon: sapagkat Aking pinapagmatigas ang kanyang puso, at ang puso ng kanyang mga lingkod, upang Aking maipakilala itong Aking mga
[319] tanda sa gitna nila; at upang iyong maisaysay sa mga pakinig ang iyong mga anak, at sa anak ng iyong anak, kung anong mga bagay ang ginawa Ko sa Ehipto, at ang Aking mga tandang ginawa sa gitna nila; upang inyong malaman, na Ako ang Panginoon." Ang Panginoon ay nagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan, upang papagtibayin ang pananampalataya sa Kanya bilang natatanging tunay at buhay na Dios. Magbibigay siya ng di mapagkakamalang katibayan ng pag- kakaibang ibinibigay Niya sa kanila at sa mga Ehipcio, at ipaalam sa lahat ng mga bansa na ang mga Hebreo, na kanilang hinamak at inapi, ay nasa ilalim ng pag-iingat ng Dios ng kalangitan.

Binabalaan ni Moises ang hari na kung sila'y mananatiling nagmamatigas, isang salot ng mga balang ang ipadadala, na babalot sa buong lupa, at kakain sa lahat ng luntiang bagay na natitira; at kanilang pupunuin ang mga bahay, maging ang palasyo rin; na ang gano'n, wika niya, ay "hindi nakita ng iyong mga magulang, mula nang araw na sila'y mapasa lupa hanggang sa araw na ito."

Ang mga tagapayo ni Faraon ay namangha. Ang bansa ay nagkaroon na ng malaking kawalan sa pagkamatay ng kanyang mga hayop. Marami sa mga tao ang napatay ng granizo. Ang mga gubat ay nagsidapa, at ang mga pananim ay nangasira. Mabilis na nangawawa- la sa kanila ang mga napadagdag sa kanila bunga ng paglilingkod ng mga Hebreo. Ang buong lupain ay nahaharap sa gutom. Ang mga prinsipe at ang mga may katungkulan sa palasyo ay nangusap sa hari, at galit na sinabi, "Hanggang kailan magiging isang silo sa atin ang taong ito? payaunin ang mga taong iyan upang sila'y makapagling- kod sa Panginoon nilang Dios: hindi mo pa ba natatalastas na ang Ehipto'y giba na?"

Si Moises at si Aaron ay muling ipinatawag, at sinabi ng hari sa kanila, "Kayo'y yumaon, maglingkod kayo sa Panginoon ninyong Dios: datapuwat sino-sino yaong magsisiyaon?"

Ang sagot ay, "Kami ay yayaon sangpu ng aming mga bata at sangpu ng mga matanda, sangpu ng aming mga anak na lalaki at babae, sangpu ng aming mga kawan at sangpu ng aming mga baka-han, kami ay yayaon; sapagkat kami ay nararapat magdiwang ng isang pista sa Panginoon."

Ang hari ay napuno ng galit, "Sumainyo nawa ang Panginoon," sigaw niya, "na gaya ng aking pagpapayaon sa inyo, at sa inyong mga bata: mag-ingat kayo; sapagkat ang kasamaan ay nasa harap ninyo. [320]

Huwag ganyan: yumaon kayong mga lalaki, at maglingkod sa Panginoon; sapagkat iyan ang inyong ninasa. At sila'y pinaalis sa harap ni Faraon." Sinikap ni Faraon na patayin ang mga Israelita sa pamamagitan ng pagpapahirap sa trabaho, subalit siya ngayon ay nagkukunwaring may lubos na pag-alala sa kanilang kapakanan at may mapagmahal na pangangalaga sa kanilang mga maliliit na bata. Ang tunay niyang layunin ay ang gawing prenda ang mga babae at mga bata para sa tiyak na pagbalik ng mga lalaki.

At itinaas ni Moises ang kanyang tungkod sa lupain, at ang hangin mula sa silangan ay humihip, at naghatid ng mga balang. "Totoong napakakapal; bago noon ay hindi nagkaroon ng gayong balang, at hindi na magkakaroon pa, pagkatapos noon, ng gayon." Kanilang pinuno ang himpapawid hanggang sa ang lupa ay nagdilim, at kinain ang bawat bagay ng natitira. Madaling ipinatawag ni Faraon ang mga propeta, at sinabi, "Ako'y nagkasala laban sa Panginoon ninyong Dios, at laban sa inyo. Ngayon nga'y ipatawad mo, isinasamo ko sa iyo, ang aking kasalanan, na ngayon na lamang at idalangin ninyo sa Panginoon ninyong Dios, na kanya lamang ilayo sa akin ang kamatayang ito." Gano'n nga ang kanilang ginawa, at isang malakas na hangin mula sa kanluran ang nagdala sa mga balang tungo sa Dagat na Pula. Subalit ang hari ay nanatili pa rin sa kanyang pag- mamatigas.

Ang mga Ehipcio ay handa na upang mawalan ng pag-asa. Ang mga hampas na dumating sa kanila ay tila halos di na nila matitiis, at sila'y nangangamba sa hinaharap. Ang bansa ay sumasamba kay Faraon bilang isang kinatawan ng kanilang diyos, subalit marami

na ang naniniwala na kinakalaban niya ang Isa na kumikilos sa lahat ng kapangyarihan ng kalikasan upang maglingkod ayon sa kanyang kalooban. Ang mga aliping Hebreo, na pinagpakitaan ng mabuti sa pamamagitan ng mga kababalaghan, ay nagkakaroon na ng katiya- kan ng pagkaligtas. Hindi na sila pinipighati ng kanilang mga tagapag-atang ngayon. Sa buong Ehipto ay lihim na pangamba na ang lahing inalipin ay maghihiganti sa mga kamalian sa kanila. Sa bawat dako ang mga tao ay nagtatanong ng may pagbubuntong hininga, Ano ang susunod na mangyayari?

Pagdaka ay nagkaroon ng isang kadiliman sa lupain, napakakapal at napakaitim na tila isang "kadiliman na mahihipo." Hindi lamang nawalan ng liwanag ang mga tao, ang kapaligiran ay naging
[321] lubhang nakapananakit na ano pa't ang paghinga ay naging mahirap. "Sila'y hindi nagkikita, at walang tumindig sa sino man sa kinaroroonan sa loob ng tatlong araw: subalit lahat ng mga anak ni Israel ay nag-ilaw sa kanilang mga tahanan." Ang araw at ang buwan ay mga bagay na sinasamba ng mga Ehipcio; sa mahiwagang kadilimang ito ang mga tao at ang kanilang mga diyos ay kapwa hinampas ng kapangyarihan para sa kapakanan ng mga alipin(Tingnan ang Apendiks, Nota 2.). Gano'n pa man bagaman iyon ay kakila-kilabot, ang hatol na ito ay isang katibayan ng kahabagan ng Dios at ng di Niya pagnanais na pumuksa. Kanyang bibigyan ang mga tao ng pagkakataon upang magmuni-muni at magsisi bago para- tingin sa kanila ang pinakahuli at pinakamatinding salot.

Sa wakas ang takot ay pumiga kay Faraon ng isang pakikipagkasundo. Nang matapos ang ikatlong araw ay ipinatawag niya si Moises, at sumang-ayon sa pagpapaalis sa bayan, sa kundisyon na ang mga bakahan at ang mga kawan ay maiiwan. "Wala kahit isang paa na maiiwan," sagot ng matatag na Hebreo. "Hindi namin nalalaman kung ano ang aming nararapat ipaglingkod sa Panginoon, hanggang sa kami ay dumating doon." Sumiklab ang galit ng hari na di mapigil. "Umalis ka sa harap ko," sigaw niya, "iyong pagingatang huwag mo nang makitang muli ang aking mukha; sapagkat sa araw na iyong makita ang aking mukha ay mamamatay ka."

Ang tugon ay, "Mabuti ang sabi mo, hindi ko na muling makikita ang iyong mukha."

"Si Moises ay lalaking naging dakila sa lupain ng Ehipto, sa paningin ng mga lingkod ni Faraon, at sa paningin ng bayan." Ang

mga Ehipcio ay namangha kay Moises. Ang hari ay hindi makapangahas na siya ay saktan, sapagkat kinikilala siya ng mga tao bilang natata- nging may kapangyarihan upang paalisin ang mga salot. Ninais nilang ang mga Israelita ay pahintulutan nang makaalis mula sa Ehipto. Ang hari na lamang at ang mga pari ang lumalaban sa huling kahilingan ni Moises. [322]

# Kabanata 24—Ang Paskua

Ang kabanatang ito ay batay sa Exodo 11; 12:1-32.

Noong ang kahilingan tungkol sa pagpapalaya sa Israel ay unang inihayag sa hari ng Ehipto, ang babala tungkol sa pinakakilabot na salot ay ibinigay. Si Moises ay inutusan upang sabihin kay Faraon, "Ganito ang sabi ng Panginoon, Ang Israel ay Aking anak, Aking panganay: At Aking sinabi sa iyo, Pahintulutan mong ang Aking anak ay yumaon, upang siya'y makapaglingkod sa Akin; at ayaw mo siyang payaunin, narito, Aking papatayin ang iyong anak, ang iyong panganay." Exodo 4:22, 23. Bagaman hinahamak ng mga Ehipcio, ang mga' Israelita ay pinararangalan ng Dios, na sila ay ibinukod upang maging tagapag-ingat ng Kanyang mga utos. Sa natatanging pagpapala at karapatang ipinagkaloob sa kanila, sila ay may kahigitan sa mga bansa, tulad sa kahigitan ng panganay na anak sa mga mag- kakapatid.

Ang kahatulang unang ibinabala sa Ehipto, ang huling ipapataw. Ang Dios ay mapagtiis at mahabagin. Maingat Niyang inaalagaan ang mga nilikha ayon sa Kanyang wangis. Kung sa pagkawala ng kanilang mga ani at ng kanilang mga alagang baka at tupa ang mga Ehipcio ay nagsisi, hindi na sana namatay ang kanilang mga anak; subalit ang buong bansa ay may katigasan ang ulong tumanggi sa utos ng Dios, at ngayon ang pangwakas na hatol ay malapit nang ipataw.

Si Moises ay binawalan, lakip ang parusang kamatayan, sa muling pagpapakita kay Faraon; subalit isa pang pabalita ang kinakailangang maparating sa mapanghimagsik na hari, at muli si Moises ay hu- marap sa kanya, na may kakila-kilabot na pahayag: "Ganito ang sinasabi ng Panginoon, sa may hating gabi ay lalabas Ako sa gitna ng Ehipto: at lahat ng mga panganay sa lupain ng Ehipto ay mamamatay, mula sa panganay ni Faraon, na nakaluklok sa kanyang luklukan, hanggang sa panganay ng aliping babae na nasa likuran ng gilingan; at ang lahat ng mga panganay sa mga hayop. At magkaka-

roon ng malakas na hiyawan sa buong lupain ng Ehipto, na hindi magkaka- roon pa ng katulad nito. Datapwat sa lahat ng anak ng [323] Israel mula sa tao hanggang sa hayop, ay walang magagalaw kahit isang aso ng kanilang dila, laban sa tao o sa hayop: upang inyong makilala kung paano ang pagkakalagay ng pagkakaiba ng Panginoon sa mga Ehipcio at sa Israel. At babain ako nitong lahat na iyong lingkod, at magsisiyukod sa Akin, na magsasabi, Umalis ka, at ang buong bayan na sumusunod sa iyo: at pagkatapos niyaon ay aalis ako."

Bago isakatuparan ang hatol na ito ang Panginoon sa pamamagitan ni Moises ay nagbilin sa mga anak ni Israel tungkol sa kanilang pag-alis mula sa Ehipto, at higit sa lahat tungkol sa kanilang kaligtasan mula sa darating na hatol. Ang bawat sambahayan, nag-iisa o kasama ng iba, ay kinakailangang pumatay ng isang tupa o batang kambing na "walang kapintasan," at sa pamamagitan ng isang bigkis ng hisopo ay maglalagay ng dugo noon sa "dalawang haligi ng pinto at sa itaas ng pintuan" ng bahay, upang ang mamumuksang anghel, na darating sa hating gabi, ay hindi pumasok sa tirahang iyon. Kanilang kakainin ang inihaw na laman noon, kasama ng tinapay na walang lebadura at mapait na gulay, gaya ng sabi ni Moises, "may bigkis ang inyong baywang, ang inyong mga pangyapak ay nakasuot sa inyong mga paa, at ang inyong tungkod ay tangan ninyo sa inyong kamay; at inyong kakaning dali-dali: siyang Paskua ng Panginoon." Ang Panginoon ay nagsabi: "Ako'y dadaan sa lupain ng Ehipto sa gabing yaon, at aking lilipulin ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Ehipto, maging tao at maging hayop; at gagawa Ako ng kahatu- lan.... At ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda sa mga bahay na inyong kinaroroonan: at pagka Aking nakita ang dugo, ay lalam- pasan Ko kayo, at walang salot na sasainyo, na papatay sa inyo, sa pananakit Ko sa lupaing Ehipto."

Bilang pag-alaala sa dakilang pagliligtas na ito ay may isang ka- pistahang ipapangilin taon-taon ng mga Israelita sa lahat ng lahi sa hinaharap. "Ang araw na ito'y magiging sa inyo'y isang alaala, at inyong ipagdidiwang na pinakapista sa Panginoon; sa buong panahon ng inyong lahi ay inyong ipagdiriwang na pinakapista na bilang tuntunin magpakailan man." Samantalang kanilang ipinagdiriwang ang kapistahan sa mga darating na mga taon, ay kanilang isasaysay sa kanilang mga anak ang kasaysayan ng dakilang pagliligtas na ito,

ayon kay Moises: "Inyong sasabihin, Siyang paghain sa Paskua ng [324] Panginoon, na Kanyang nilampasan ang mga bahay ng mga anak ni Israel sa Ehipto, nang Kanyang sugatan ang mga Ehipcio, at iniligtas ang aming mga sambahayan."

Dagdag dito, ang panganay sa mga tao gano'n din sa mga hayop ay magiging sa Panginoon, na maibabalik lamang sa pamamagitan ng pagtubos, bilang pagkilala na nang ang mga panganay sa Ehipto ay namatay, ang sa Israel, bagaman naingatan, ay napasa ganoong kalagayan din kung di dahil sa pantubos na hain. "Lahat ng mga panganay ay sa Akin," pahayag ng Panginoon, "sapagkat nang araw na Aking lipulin ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Ehipto ay Aking pinapaging banal sa Akin, ang lahat ng mga panganay sa Israel, maging tao at maging hayop: sila'y magiging Akin." Mga Bilang 3:13. Matapos itatag ang paglilingkod sa santuwaryo pinili ng Panginoon ukol sa Kanya sa lipi ni Levi. "Sila'y buong nabigay sa Akin sa gitna ng mga anak ni Israel," wika Niya. "Aking kinuha ang mga Levita na kapalit ng lahat ng mga panganay sa gitna ng mga anak ni Israel." Mga Bilang 8:16. Gano'n pa man, ang lahat ng mga tao, ay kinakailangan pa ring, sa pagkilala sa kahabagan ng Dios, ay magbayad ng halagang pantubos para sa panganay na anak. Mga Bilang 18:15, 16.

Ang Paskua ay magiging isang alaala at sagisag, hindi lamang tu- mutukoy sa nakaraang pagkaligtas mula sa Ehipto, kundi sa hinaha- rap na lalong dakilang pagliligtas na isasagawa ni Kristo sa pagliligtas sa Kanyang bayan mula sa pagkaalipin sa kasalanan. Ang sakri- pisyong kordero ay kumakatawan sa "Kordero ng Dios," na sa Kanya ang tangi nating pag-asa ng kaligtasan. Sabi ng apostol, "ang Kordero ng ating Paskua ay naihain na." I Corinto. 5:7. Hindi sapat ang mamatay ang Kordero ng Paskua; ang dugo noon ay kinakailangang maiwisik sa mga haligi ng pintuan; gano'n din naman ang dugo ni Kristo ay kinakailangang mailapat sa kaluluwa. Tayo ay kinakailangang maniwala, hindi lamang na Siya ay namatay para sa sanlibutan, kundi Siya ay namatay para sa bawat isa sa atin. Kinakailangang iukol natin para sa ating mga sarili ang kabutihan ng sakri- pisyo Niyang pantubos.

Ang hisopo na ginamit sa pagwiwisik ng dugo ay sagisag ng paglilinis, kung kaya't ginagamit sa paglilinis ng ketongin at noong mga narumihan sa pagkakahipo sa patay. Sa dalangin ng mang-aawit ang

kahalagahan noon ay makikita rin: “Linisin mo ako ng hisopo, at
ako’y magiging malinis: Hugasan mo ako at ako’y magiging lalong [325]
maputi kay sa nieve.” Mga Awit 51:7. [326]

Ang kordero ay ihahandang buo, kinakailangang wala ni isang
buto ang mababasag; kaya wala ni isang buto ang mababasag sa [327]
Kordero ng Dios, na mamamatay para sa atin. Juan 19:36. Sa gano’ng paraan ay inihahayag din ang kalubusan ng sakripisyo ni Kristo.

Ang laman ay kinakailangang kainin. Hindi sapat kahit tayo ay maniwala kay Kristo upang patawarin ang kasalanan; kinakailangang sa pamamagitan ng pananampalataya tayo ay patuloy na tumatang- gap ng espirituwal na lakas at sustansya mula sa Kanya sa pamamagitan ng Kanyang salita. Sabi ni Kristo, “Maliban nang inyong kainin ang laman ng Anak ng tao, at inumin ang Kanyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyong sarili. Ang kumakain ng Aking laman at umiinom ng Aking dugo ay may buhay na walang hanggan.” Juan 6:53, 54. Upang ipaliwang ang Kanyang ibig sabihin ay sabi Niya’y “Ang mga salitang sinalita Ko sa inyo ay pawang espiritu, at pawang buhay.” Talatang 63. Tinanggap ni Jesus ang kautusan ng Kanyang Ama, isinakabuhayan ang mga alituntunin noon sa Kanyang buhay, inihayag ang espiritu noon, at ipinakita ang mapagpalang kapangyarihan noon sa puso. Sabi ni Juan, “Nagkatawang tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin, (at nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama,) na puspos ng biyaya at katotohanan.” Juan 1:14. Ang mga tagasunod ni Kristo ay kinakailangang maging kabahagi ng Kanyang karanasan. Kinakailangan nilang tanggapin at isakabuhayan ang salita ng Dios upang iyon ay maging layuning kapangyarihan ng buhay at pagkilos. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios sila ay kinakailangang mabago sa Kanyang wangis at ihayag ang mga katangian ng Dios, at kung hindi ay walang buhay sa kanila. Ang espiritu at gawain ni Kristo ay kinakailangang maging espiritu at gawain ng Kanyang mga alagad.

Ang kordero ay kinakailangang kainin na may kasamang mapait na gulay, bilang tumutukoy sa kapaitan ng pagkaalipin sa Ehipto. Gano’n din naman kung tayo’y kumain kay Kristo, iyon ay kinakailangang may pagsisisi ng puso, dahil sa ating mga kasalanan. Makahulugan din ang paggamit ng tinapay na walang lebadura.

Iyon ay binanggit kalakip ng batas tungkol sa Paskua, at mahigpit na sinusunod ng mga Hudyo sa kanilang kaugalian, na walang lebadurang masusumpungan sa kanilang bahay sa panahon ng kapistahan. Gano'n din naman ang lebaruda ng kasalanan ay kinakailan-
[328] gang maalis sa lahat ng tatanggap ng buhay at sustansya mula kay Kristo. Kaya isinulat ni Pablo sa iglesia sa Corinto, "Alisin ninyo ang lumang lebadura, upang kayo'y maging bagong limpak.... Sapagkat ang Kordero ng ating Paskua ay naihain na, sa makatuwid baga'y si Kristo: kaya nga ipangilin natin ang pista, hindi sa lumang lebadura, ni sa lebadura man ng masamang akala at ng kasamaan, kundi sa tinapay na walang lebadura ng pagtatapat at ng katotohanan." 1 Corinto 5:7, 8.

Bago magkaroon ng kalayaan ang alipin ay kinakailangang magpa- hayag ng kanilang pananampalataya sa pagliligtas na malapit nang maganap. Ang tandang dugo ay kinakailangang mailagay sa kanilang mga bahay, at kinakailangang ihiwalay nila ang kanilang mga sarili mula sa Ehipcio, at matipon sa sarili nilang mga bahay. Kung ang mga Israelita ay sumuway sa alinman sa ipinag-uutos sa kanila, kung kinaligtaan nilang ihiwalay ang kanilang mga anak mula sa mga Ehipcio, kung sila'y pumatay ng kordero subalit kinaligtaang mag- wisik ng dugo noon sa haligi ng kanilang bahay, o kung may isang bumabad sa kanilang bahay, hindi sila magiging ligtas. Maaaring sila'y tapat na naniniwalang kanilang ginawa ang lahat ng kinakailangang gawin, subalit ang kanilang pagtatapat ay hindi makapagliligtas sa kanila. Ang lahat ng hindi sumunod sa utos ng Panginoon ay mawawalan ng kanilang panganay na anak sa kamay ng tagapuksa.

Sa pamamagitan ng pagsunod ang mga tao ay nagbibigay ng katibayan ng kanilang pananampalataya. Gano'n din naman ang lahat ng umaasang maliligtas sa pamamagitan ng kabutihan ng dugo ni Kristo ay kinakailangang makadama na sila ay may dapat gawin upang makamtan ang kanilang kaligtasan. Samantalang si Kristo lamang ang makatutulong sa atin mula sa kaparusahan ng pagsalangsang, tayo ay kinakailangang umalis mula sa pagkakasala tungo sa pagsunod. Ang tao ay kinakailangang maligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng mga gawa; gano'n pa man ang kanyang pananampalataya ay kinakailangang mahayag sa pamamagitan ng kanyang mga gawa. Ibinigay ng Dios ang Kanyang

Anak upang maging pambayad sa kasalanan. Kanyang inihayag ang liwanag ng katotohanan, ang daan ng buhay, nagbigay Siya ng mga kailangan, palatuntunan, mga karapatan; at ngayon ang tao ay kinakailangang makiisa sa mga kasangkapang ito ng pagliligtas; kinakailangan niyang pasalamatan at gamitin ang mga pantulong na ipinagkaloob ng Dios—ang paniwalaan at sundin ang mga utos ng [329]
Dios.

Samantalang sinasaysay ni Moises ang mga kaloob ng Dios para sa kanilang ikaliligtas, "ang bayan ay nagyukod ng ulo at sumamba." Ang masayang pag-asa ng kaligtasan, ang nakakatakot na kaalaman nang nagbabantang hatol sa mga nang-aapi sa kanila, ang mga dapat alalahanin at gawin kaugnay ng mabilis nilang pag-alis—ang lahat sa panahong yaon ay nilamon ng pagpapasalamat sa mapagpala nilang Tagapagligtas. Marami sa mga Ehipcio ang naakay upang kumilala sa Dios ng mga Hebreo bilang natatanging tunay na Dios, at ang mga ito ngayon ay nakiusap na pahintulutang kumalong sa bahay ng mga Israelita sa panahon ng pagdaan ng tagapuksang anghel sa lupain. Sila ay malugod na tinanggap, at itinalaga nila ang kanilang mga sarili na mula ngayon ay maglilingkod na sila sa Dios ni Jacob at umalis mula sa Ehipto kasama ng Kanyang bayan.

Sinunod ng mga Israelita ang mga utos na ibinigay ng Dios. Mabilis at palihim na ginawa nila ang kanilang paghahanda para sa kani- lang pag-alis. Ang kanilang mga sambahayan ay tinipon, ang kor- derong panghandog sa paskua ay napatay na, ang laman ay inihaw na sa apoy, ang tinapay na walang lebadura at ang mapait na gulay ay naihanda na. Ang ama at saserdote ng sambahayan ay nagwisik na ng dugo sa mga haligi ng pinto at sumama sa kanyang sambahayan sa loob ng bahay. Sa pagmamadaling may katahimikan ang kordero ng paskua ay kinain. May sindak na nanalangin at nagbantay ang bayan, samantalang ang puso ng panganay ang pagkakasilang, mula sa mala- kas na lalaki hanggang sa maliit na bata, ay kumakabog na may di mailarawang pagkatakot. Yakap-yakap ng mga ama at ina ang mahal nilang panganay na anak samantalang iniisip ang kilabot na mangya- yari sa gabing iyon. Subalit walang tahanan ng mga Israelita ang dinalaw ng pumapatay na anghel. Ang tanda ng dugo—ang tanda ng pag-iingat ng Tagapagligtas—ay nasa mga pinto nila, at ang pumu- puksang anghel ay hindi pumasok doon.

Nang kinahatinggabihan ay "nagkaroon ng isang malakas na hiya- wan sa Ehipto: sapagkat walang bahay na di mayroong isang patay." Ang lahat ng panganay sa lupain, "mula sa panganay ni Faraon na nakaluklok sa kanyang luklukan, hanggang sa panganay na bilanggo na nasa bilangguan; at lahat ng panganay sa mga hayop" ay pinatay ng mamumuksa. Sa buong malawak na kinasasakupan ng Ehipto ang pagmamataas ng bawat sambahayan ay ibinaba. Ang mga
[330] iyak at hagulgol ng mga nagdadalamhati ang pumuno sa kapaligiran. Ang hari at ang mga nanunungkulan sa palasyo, na namumutlang mga mukha at nanginginig na mga bisig, ay namangha sa di masawatang lagim. Naalaala ni Faraon kung paanong minsan ay sinabi niya, "Sino ang Panginoon na aking pakikinggan ang Kanyang tinig, upang pa- hintulutan kong yumaon ang Israel? Hindi ko nakikilala ang Panginoon at saka hindi ko pahihintulutang yumaon ang Israel." Ngayon ang pagmamataas niyang humahamon sa kalangitan ay ibi- naba sa alabok, kanyang "tinawag si Moises at si Aaron sa kinagabi- han, at sinabi, Kayo'y bumangon, umalis kayo sa gitna ng aking bayan kayo at sangpu ng mga anak ni Israel; at kayo'y yumaong maglingkod sa Panginoon, gaya ng inyong sinabi. Dalhin ninyo kap- wa ang inyong mga kawan at ang inyong mga bakahan, gaya ng inyong sinabi.... At kayo'y yumaon at pagpalain din naman ninyo ako." Ang mga tagapayo at mga tao ay nagmakaawa din sa mga Israelita na umalis "lisanin ang lupang Ehipto; at kanilang
[331] sinabi, baka kaming lahat ay mamatay."

# Kabanata 25—Ang Exodo

Ang kabanatang ito ay batay sa Exodo 12:34-51; 13 hanggang 15.

May bigkis sa kanilang mga baywang, sandalyas sa kanilang mga paa, at tungkod sa kanilang mga kamay, ang bayan ng Israel ay nagtindig, matahimik, lipos ng sindak, gano'n pa man ay umaasa, hinihintay ang iuutos ng hari na nagpapaalis sa kanila. Bago nagbukang liwayway, sila ay naglalakbay na. Sa panahon ng mga salot, samantalang ang mga pagpapahayag ng kapangyarihan ng Dios ay naghahatid ng pananampalataya sa puso ng mga alipin at naghahampas ng katakutan sa mga nang-aapi, ang mga Israelita ay unti-unting tinipon ang kanilang mga sarili sa Gosen, at sa pagsasaalang-alang ng kabilisan ng kanilang pag-alis, ay naglaan ng pangangailangan upang sila ay maorganisa at magkaroon ng kontrol ang pagkilos ng maraming mga tao, samantalang sila'y nababahagi sa mga pulutong, sa ilalim ng mga itinalagang pinuno.

At sila'y lumabas, "may anim na raang libong lalaki na naglakad, bukod pa ang mga bata. At isang karamihang sama-sama ang sumama rin namang kasabay nila." Kasama sa karamihang ito hindi lamang yaong nakilos ng pananampalataya sa Dios ng Israel, kundi pati ang higit na nakararaming nagnais lamang makatakas mula sa mga salot, o kaya'y nadala ng pagkilos ng karamihan dahil lamang sa pagkabigla o pagkausyoso. Ang grupong ito ay parating hadlang at pahamak sa Israel.

Ang mga tao ay nagdala rin ng "mga kawan, at mga bakahan na napakaraming hayop." Ang mga ito ay pag-aari ng mga Israelita, na kailan man ay hindi ipinagbili ang kanilang mga pag-aari sa hari, tulad sa ginawa ng mga Ehipcio. Si Jacob at ang kanyang mga anak ay nagdala ng kanilang mga kawan at bakahan sa Ehipto, kung saan sila ay lubhang dumami. Bago iniwan ang Ehipto, ang bayan, sa utos ni Moises, ay naningil ng kabayaran para sa mga paglilingkod nilang di nabayaran; at ang mga Ehipcio ay naging sabik na sabik na maging malaya mula sa kanyang harapan kung kaya't hindi sila

natang- gihan. Ang mga alipin ay humayo na maraming dalang
[332] samsam mula sa mga nang-aapi sa kanila.

Ang araw na iyon ang tumapos sa kasaysayang inihayag kay Abraham sa isang pang propetang pangitain ilang daang taon na ang nakalilipas: "Ang iyong binhi ay magiging taga ibang bayan sa lupaing hindi kanila, at mangaglilingkod sa mga yaon; at pahihirapan apat na raang taon. At yaon namang bansang kanilang pagliling- kuran ay aking hahatulan: at pagkatapos ay aalis silang may malaking pag-aari." Genesis 15:13, 14.(Tingnan ang Apendiks, Nota 3.) Ang apat na raang taon ay natapos na. "At nangyari nang araw ding yaon, na kinuha ng Panginoon ang mga anak ni Israel sa lupain ng Ehipto, ayon sa kanilang mga huk- bo." Sa kanilang pag-alis mula sa Ehipto ang mga Israelita ay nagdala ng isang mahalagang pamana, sa mga buto ni Jose, na matagal nang naghintay sa katuparan ng pangako ng Dios, na, sa loob ng madidilim na taon ng pagkaalipin, ay naging tagapagpaalaala sa pagliligtas sa Israel.

Sa halip na nagdaan sa daang deretso sa Canaan, na nasa lupain ng mga Filisteo, itinuro sa kanila ng Panginoon ang daan tungo sa timog, tungo sa mga pampang ng Pulang Dagat. "Sapagkat sinabi ng Dios, baka sakaling ang bayan ay magsisi pagkakita ng pagbabaka, at magsipagbalik sa Ehipto." Kung nangahas silang magdaan sa Filistea, na itinuturing silang mga alipin na tumakas mula sa kanilang mga panginoon, ay maaaring hindi mag-atubiling makipagdigmaan sa kanila. Ang mga Israelita ay hindi handa upang humarap sa gano'ng makapangyarihan at paladigmang bayan. Mayroon lamang silang kaunting pagkakilala sa Dios at kaunting pananampalataya sa Kanya, at maaaring sila ay matakot at masiraan ng loob. Sila ay walang mga sandata at hindi sanay sa pakikipagdigma, ang kanilang kalooban ay batbat ng pagkaaba sa mahabang panahon ng pagkaalipin, at marami silang mga kasamang mga babae at mga bata, mga kawan at bakahan. Sa pag-aakay sa kanila tungo sa Dagat na Pula, inihayag ng Panginoon ang Kanyang sarili bilang isang Dios na mahabagin at makatarungan.

"At sila'y naglakbay mula sa Succoth, at humantong sa Etham, sa hangganan ng ilang. At ang Panginoon ay nangunguna sa kanila sa araw, sa isang haliging ulap, upang patnubayan sila sa daan; at sa gabi, ay sa isang haliging apoy, upang tanglawan sila; upang sila'y makapaglakad sa araw at sa gabi. Ang haliging ulap sa araw at ang

haliging apoy sa gabi ay hindi humihiwalay sa harapan ng bayan." [333] Wika ng mang-aawit, "Kanyang inilatag ang ulap na pinakakubong; at apoy upang magbigay liwanag sa gabi." Mga Awit 105:39. Tingnan rin ang 1 Corinto 10:1, 2. Ang watawat ng di nila nakikitang Pinuno ay sumasakanilang palagi. Sa araw pinangungunahan ng kanilang paglalakad o nakaladlad bilang isang kulandong sa itaas ng bayan. Nagsilbi iyong kanlungan sa nakasusunog na init, at sa pamamagitan ng kalamigan noon at mga hamog noon ay nagbibigay ng kapreskuhan sa tuyo at nakauuhaw na disyerto. Sa gabi iyon ay nagiging isang haliging apoy, nagbibigay liwanag sa kanilang kampa- mento at patuloy na nagbibigay sa kanila ng kasiguruhan ng presensya ng Dios.

Sa isa sa pinakamaganda at nakaaaliw na talata sa mga hula ni Isaias binanggit ang haligi ng ulap at ng apoy upang kumatawan sa pangangalaga ng Dios sa Kanyang bayan sa huling dakilang pakikipaglaban sa mga kapangyarihan ng masama: "Ang Panginoon ay lilikha sa itaas ng buong tahanan ng bundok ng Sion, at sa itaas ng kanyang mga kapulungan ng isang ulap at usok sa araw, at ng liwanag ng nagniningas na apoy sa gabi: sapagkat sa itaas ng lahat ng kaluwalhatian ay magkakaroon ng isang kubong na kayo. At mag- kakaroon ng kanlungan upang maging lilim sa kaarawan laban sa init, at upang maging kanlungan at kublihan sa bagyo at sa ulan." Isaias 4:5, 6.

Tungo sa ibayo ng isang mapanglaw, at tulad sa disyertong kalawakan sila ay naglakbay. Nag-isip na sila kung saan kaya hahantong ang landas na kanilang tinatahak; sila ay napapagod na sa mahirap na daan, at sa puso ng ilan ay nagsimula nang bumangon ang takot sa paghabol ng mga Ehipcio. Subalit ang ulap ay nagpatuloy, at sila ay sumunod. At ngayon ay nag-utos ang Panginoon kay Moises upang pumihit tungo sa isang mabatong lugar na nasa pagitan ng dalawang bundok, at doon ay magkampo sa tabi ng dagat. Inihayag sa kanya na si Faraon ay hahabol sa kanila, subalit ang Dios ay pararangalan sa pagliligtas sa kanila.

Kumalat ang ulat sa Ehipto na ang mga anak ni Israel, sa halip na nanatili upang sumamba sa ilang, ay nagtuloy tungo sa Dagat na Pula. Inihayag ng mga tagapayo ni Faraon na ang kanilang mga alipin ay nagsitakas at hindi na magsisibalik. Ikinalungkot ng mga tao ang kanilang kahangalan sa pag-iisip na ang pagkamatay ng

kanilang mga panganay ay dahil sa kapangyarihan ng Dios. Ang
[334] kanilang dakilang mga lalaki, nang mahimasmasan mula sa kanilang mga takot, ay nagsabing ang-mga salot ay bunga lamang ng likas na mga dahilan. "Ano itong ating ginawa, na ating pinayaon ang Israel, u- pang huwag na tayong mapaglingkuran?" ang kanilang mapait na sigaw.

Tinipon ni Faraon ang kanyang mga puwersa, "anim na raang piling karro, at lahat ng mga karro sa Ehipto," mangangabayo, mga kapitan, at mga sundalo. Ang hari mismo, kasama ang dakilang mga lalaki ng kanyang kaharian ang nanguna sa lulusob na sandatahan. Upang kamtin ang kaluguran ng mga diyos, at nang sa gano'n ay makatiyak sa pagtatagumpay ng kanilang isasagawa, ang mga saserdote ay sumama rin sa kanila. Ang hari ay nagpasiyang takutin ang mga Israel sa pamamagitan ng pagpapakita ng kanyang kapangyarihan. Ipinangangamba ng mga Ehipcio na ang kanilang sapilitang pagsang-ayon sa Dios ng Israel ay maging sanhi ng pagkutya ng ibang mga bansa; subalit kung sila ngayon ay hahayo na may pagpapakita ng dakilang kapangyarihan at maibalik ang mga takas, ay kanilang matutubos ang kanilang kaluwalhatian, at maisasauli ang mga paglilingkod ng kanilang mga alipin.

Ang mga Hebreo ay nagkakampo sa tabi ng dagat, na ang tubig ay nagpapakita ng tila di matatawid na harang sa harap nila, samantalang sa gawing timog nila ay may isang malubak na bundok ang nakaharang sa kanila upang makatuloy. Nang bigla nilang nakita sa malayo ang nagniningning na mga sandata at kumikilos na mga karro na nagbabadya ng pagdating ng isang malaking sandatahan. Samantalang ang sandatahan ay lumalapit, ang hukbo ng Ehipto ay ganap na nakitang humahabol. Ang puso ng mga Israelita ay napuno ng takot. Ang ilan ay tumawag sa Panginoon, subalit ang higit na malaking bahagi ay nagmadaling pumunta kay Moises upang magreklamo: "Dahil ba sa walang libingan sa Ehipto, kung kaya dinala mo kami rito upang mamatay sa ilang? Bakit ka gumawa ng ganito sa amin, na inilabas mo kami sa Ehipto? Di ba ito ang sinalita namin sa iyo sa Ehipto, na sinasabi, Pabayaan mo kami na makapaglingkod sa mga Ehipcio? Sapagkat lalong mabuti sa amin ang maglingkod sa mga Ehipcio kaysa kami ay mamatay sa ilang."

Si Moises ay lubhang nagulumihanan na ang kanyang bayan ay nagpapahayag ng napakaliit na pananampalataya sa Dios, sa kabila

ng ilang ulit nilang nasaksihang pagpapahayag ng Kanyang kapang- [335]
yarihan para sa kanila. Bakit nila ibinibintang sa kanya ang mga [336]
panganib at kahirapan ng kanilang kalagayan, samantalang sinunod
lamang niya ang hayag na utos ng Dios? Totoo na walang posibleng [337]
kaligtasan malibang ang Dios ang mamagitan upang sila ay makawa- la; subalit sa pagkakadala sa ganitong kalagayan sa pagsunod sa iniu- tos ng Panginoon, si Moises ay hindi nakadama ng takot sa ano mang maaaring ibunga noon. Ang kanyang kalmante at naniniyak na tugon sa mga tao ay, "Huwag kayong matakot, tumigil kayo, at tingnan ninyo ang pagliligtas ng Panginoon na gagawin sa inyo ngayon: sapagkat ang mga Ehipcio na inyong nakikita ngayon, ay hindi na ninyo uli makikita magpakailan man. Ipakikipaglaban kayo ng Panginoon, at kayo'y tatahimik."

Hindi isang madaling bagay ang pigilan ang buong Israel sa paghi- hintay sa harap ng Panginoon. Kulang sa disiplina at walang pagpi- pigil sa sarili, sila ay nagiging magulo at di makatuwiran. Sila'y umaasang mabilis na mahuhulog sila sa kamay ng mga nang- aapi sa kanila, at ang kanilang mga pag-iyak at pagsisisi ay malakas at tunay. Ang kahanga-hangang haligi ng ulap ay sinundan bilang hudyat ng Dios upang magpatuloy; subalit ngayon ay nagtatanong sila sa kanilang mga sarili kung hindi iyon nangangahulugan ng isang malaking kalamidad; sapagkat hindi ba sila nito inakay sa maling panig ng bundok tungo sa isang hindi madadaanang lugar? Kaya't ang anghel ng Dios para sa naguguluhan nilang pag-iisip ay nagmukhang taga- pagbadya ng kapahamakan.

Subalit ngayon, samantalang ang hukbo ng mga Ehipcio ay lumalapit sa kanila, umaasang madali silang mahuhuli, ang haligi ng ulap ay nagtindig sa mga langit, dumaan sa itaas ng mga Israelita at bumaba sa pagitan nila at ng sandatahan ng mga Ehipcio. Isang pader ng kadiliman ang pumagitna sa pagitan ng hinahabol at ng nanghahabol. Hindi na makita ng mga Ehipcio ang kampamento ng mga Hebreo, at sila'y napilitang tumigil. Subalit samantalang ang kadiliman ng gabi ay lumalalim ang pader na ulap ay naging isang dakilang liwanag para sa mga Hebreo, pinupuno ang buong kampamento ng liwanag ng araw.

At ang pag-asa'y nagbalik sa puso ng mga Israelita. At itinaas ni Moises ang kanyang tinig sa Panginoon "At sinabi ng Panginoon kay Moises, Bakit humihibik ka sa akin? salitain mo sa mga anak

ni Israel na sila'y magpatuloy na yumaon. At itaas mo ang iyong [338] tung- kod, at iunat mo ang iyong mga kamay sa ibabaw ng dagat, at hawiin mo: at ang mga anak ni Israel ay dadaan sa gitna ng dagat sa ibabaw ng lupang tuyo."

Ang mang-aawit, sa paglalarawan ng pagtawid ng Israel sa dagat, ay umawit, "Ang daan Mo'y nasa dagat at ang mga landas Mo'y nasa malawak na tubig, at ang bakas Mo'y hindi nakikilala. Iyong pinapat- nubayan ang Iyong bayan na parang kawan, sa pamamagitan ng kamay ni Moises at ni Aaron." Awit 77:19, 20. Nang itaas ni Moises ang kanyang tungkod ang mga tubig ay naghiwalay, at ang Israel ay nagdaan sa kalagitnaan ng dagat, sa ibabaw ng tuyong lupa, samantalang ang tubig ay naghitsurang mga pader sa dalawang panig. Ang liwanag mula sa haliging apoy ng Dios ay nagningning mula sa mga ulap at nagbigay liwanag sa daang inukit sa mga tubig ng dagat, at nawala sa kalabuan ang higit pang malayong pampang.

"At hinabol sila ng mga Ehipcio, at nagsipasok na kasunod nila, sa gitna ng dagat, lahat ng mga kabayo ni Faraon, ang kanyang mga karro, at ang kanyang mga nangangabayo. At nangyari, sa pagbaban- tay sa kinaumagahan, na minasdan ng Panginoon ang hukbo ng mga Ehipcio sa gitna ng haliging apoy at ulap, at niligalig ang hukbo ng mga Ehipcio." Ang mahiwagang ulap ay naging isang haliging apoy sa harap ng kanilang mga namamanghang mga mata. Umugong ang mga kulog at nagkislapan ang mga kidlat. "Ang mga alapaap ay naglagpak ng tubig; ang langit ay humugong: ang mga pana Mo naman ay nagsihilagpos. Ang tinig ng Iyong kulog ay nasa ipo-ipo; tinanglawan ng mga kidlat ang sanglibutan: ang lupa ay nayaig at umuga." Awit 77:17, 18.

Ang mga Ehipcio ay kinapitan ng pagkalito at pagkatulala. Sa kalagitnaan ng galit ng mga elemento, kung saan narinig nila ang tinig ng isang nagagalit na Dios, sinikap nilang bumalik sa pampang na kanilang pinanggalingan. Subalit itinaas ni Moises ang kanyang tungkod, at ang napataas na tubig, na lumalagaslas, umuungol, at nasasabik para sa kanilang malalamon, ay mabilis na nagsanib at nilamon ang sandatahang mga Ehipcio sa maitim nilang kalaliman.

Nang magliwanag sa kinaumagahan nahayag sa karamihan ng mga Israelita ang lahat ng natira sa malakas nilang mga kalaban—mga bangkay na napadpad sa pampang. Mula sa pinakamatinding pa- nganib, ang isang gabi ay naghatid ng ganap na pagliligtas. Ang

maraming iyon, na walang kakayanan—mga aliping di sanay sa digmaan, mga babae, bata, at mga baka, sa harap nila ay ang dagat, at ang makapangyarihang sandatahan ng mga Ehipcio ang dumarating sa likuran—nakitang bukas ang kanilang landas sa mga tubig at ang kanilang mga kaaway ay nagapi sa mga sandali ng inaasahang pagtatagumpay. Si Jehova lamang ang naghatid sa kanila ng kaligtasan, at sa Kanya humarap ang mga puso sa pagpapasalamat at pagsampalataya. Ang kanilang damdamin ay nakasumpong ng paglalabasan sa pamamagitan ng pag-awit ng papuri. Ang Espiritu ng Dios ay napa kay Moises, at pinangunahan niya ang bayan sa isang pagtatagumpay na awit ng pagpapasalamat, ang kaunahan sa lahat at pinakamagandang natutunan ng tao. [339]

"Ako'y aawit sa Panginoon,
sapagkat Siya'y nagtagumpay ng kaluwalu- walhati;
Ang kabayo at ang sakay niyaon ay Kanyang ibinulusok sa dagat.

Ang Panginoon ay aking lakas at awit,
At Siya'y naging aking kaligtasan:
Ito'y aking Dios, at Siya'y aking pupurihin;
Dios ng aking ama, at Siya'y aking tatanghalin.
Ang Panginoo'y isang mandirigma:
Panginoon ang Kanyang pangalan.
Ang mga karro ni Faraon at ang
kanyang hukbo ay ibinulusok Niya sa dagat;
At ang kanyang piling mga kapitan ay ipinaglulubog sa Dagat na Pula.
Ang mga kalaliman ang tumatabon sa kanila:
Sila'y lumubog sa mga kalaliman na parang isang bato.
Ang Iyong kanan, Oh Panginoon, ay maluwalhati sa kapangyarihan,
Ang Iyong kanan, Oh Panginoon, ay dumudurog ng kaaway....
Sinong gaya Mo, Oh Panginoon, sa mga diyos?
Sinong gaya Mo, maluwalhati sa kabanalan.
Nakasisindak na pagpuri, na gumagawa ng mga kababalaghan?...

Iyong pinapatnubayan sa Iyong awa ang bayan na Iyong tinubos:
Sa iyong kalakasan ay Iyong inihahatid sila sa banal Mong tahanan.
Narinig ng mga bayan at sila'y nanginig....
Sindak at gulat ang sumasakanila; sa kadakilaan ng Iyong
bisig ay nagiging walang kibo sila na parang bato;
Hanggang sa ang Iyong bayan ay makaraan, Oh Panginoon,
Hanggang sa makaraan ang bayang ito na Iyong kinamtan.
Sila'y Iyong papapasukin, at sila'y
Iyong itatayo sa bundok na Iyong pamana,
Sa dako, Oh Panginoon, na Iyong ginawa sa Iyo, upang Iyong tahanan."

Exodo 15:1-17

[340]

Tulad sa tinig ng dakilang kalaliman, ay narinig mula sa malaking hukbo ng mga Israelita ang magandang papuring yaon. Iyon ay ina- wit ng mga kababaihan ng Israel, si Miriam, ang kapatid ni Moises ang nangunguna, samantalang sila'y nagpapatuloy na may pandereta at pagsayaw. Sa malayong ibayo ng ilang at dagat ay maririnig ang masayang himig, at inuulit ng alingawngaw ng mga bundok ang kanilang pagpuri—"Umawit sa Panginoon, sapagkat siya'y nagtagumpay ng kaluwaluwalhatian."

Ang awit na ito at ang dakilang pagliligtas na ipinagdiriwang, ay lumikha ng damdaming kailan man ay hindi na maaalis mula sa ala- ala ng mga Hebreo. Sa habang panahon iyon ay inulit ng mga propeta at mga mang-aawit ng Israel, nagpapatotoong si Jehova ang kalakasan at kaligtasan noong mga nagtitiwala sa Kanya. Ang awit na iyon ay hindi lamang para sa mga Hudyo. Iyon ay tumutukoy sa hinaharap na pagkapuksa ng lahat ng kalaban ng katuwiran at huling pagtatagumpay ng Israel ng Dios. Nakita ng propeta ng Patmos ang nangakaputing karamihan na "nangagtagumpay," nangakatayo sa "tabi ng dagat na bubog," "na may mga alpa ng Dios at inaawit nila ang awit ni Moises na alipin ng Dios, at ang awit ng Kordero." Apocalipsis 15:2, 3.

"Huwag sa amin, Oh Panginoon, huwag sa amin, kundi sa Iyong pangalan ay magbigay Kang karangalan, dahil sa Iyong kagandahang

loob, at dahil sa Iyong katotohanan." Awit 115:1. Ganito ang espiritung dinadala ng awit ng Israel tungkol sa pagliligtas, at ito ang espiritung kinakailangang manahan sa puso ng lahat ng umiibig at natatakot sa Dios. Sa pagpapalaya sa ating mga kaluluwa mula sa pagiging alipin ng kasalanan, ang Dios ay nagsagawa para sa atin ng isang pagliligtas na higit doon sa ginawa para sa mga Hebreo sa Dagat na Pula. Tulad ng mga Israelita, kinakailangang purihin natin ang Panginoon sa pamamagitan ng ating mga puso, kaluluwa at tinig para sa Kanyang "kagila-gilalas na mga gawa sa mga anak ng tao." Yaong mga nananahan sa dakilang mga kaawaan ng Dios, at hindi nagbabaliwala sa maliliit Niyang mga kaloob, ay nagsusuot ng bigkis ng kagalakan at gumagawa ng himig sa kanilang mga puso ukol sa Panginoon. Ang pang araw-araw na mga pagpapalang tinatanggap natin mula sa Dios, at higit sa lahat ang pagkamatay ni Jesus upang ihatid ang kaligayahan at ang langit sa kalagayang maaari nating maabot, ay kinakailangang maging isang paksa para sa patuloy na pagpapasalamat. Anong pagkahabag, anong pag-ibig [341]
na di mapan- tayan, ang ipinakita ng Dios sa atin, na mga waglit na mga ma- kasalanan, na tayo'y iniugnay sa Kanya, upang sa Kanya'y maging isang natatanging hiyas! Anong sakripisyo ang ginawa ng ating Tagapagtubos, upang tayo'y matawag na mga anak ng Dios! Kinakailangang purihin natin ang Dios para sa mapalad na pag-asa na inihaharap sa atin sa dakilang panukala ng pagtubos, kinakailangang purihin natin Siya para sa makalangit na mana at sa mayamang mga pangako Niya. Purihin Siya sapagkat si Jesus ay buhay upang ma- magitan para sa atin.

"Ang naghahandog ng haing pasasalamat," sabi ng Manlalalang, "ay lumuluwalhati sa akin." Awit 50:23. Ang lahat ng naninirahan sa langit ay nagkakaisa sa pagpuri sa Dios. Pag-aralan natin ang awit ng mga anghel ngayon, upang maawit natin ang mga iyon kapag tayo ay sumama sa kanilang nagniningning na kinaroroonan. Sabihin nating kasama ng mang-aawit, "Samantalang ako'y nabubuhay ay pupurihin ko ang Panginoon: ako'y aawit ng mga pagpuri sa aking Dios, samantalang ako'y may buhay." "Purihin Ka ng lahat ng mga bayan, Oh Dios; purihin Ka ng lahat ng mga bayan." Awit 146:2; 67:5.

Ang Dios sa pamamagitan ng Kanyang pagpatnubay ay dinala ang mga Israelita sa napapaligiran ng mga bundok sa harap ng dagat,

upang maipakita Niya ang Kanyang kapangyarihan sa pagliligtas sa kanila, at lubhang maibaba ang pagmamataas ng mga nang-aapi sa kanila. Maaari din sanang iniligtas Niya sila sa ibang paraan, subalit pinili Niya ang paraang ito upang subukin ang kanilang pananampalataya at palakasin ang kanilang pagtitiwala sa Kanya. Ang bayan ay pagod at natatakot, gano'n pa man kung sila'y nanatili nang sabihin ni Moises na magpatuloy, maaaring hindi binuksan ng Dios ang landas para sa kanila. Iyon ay "sa pananampalataya" "nagsidaan sila sa gitna ng Dagat na Pula na gaya ng sa lupang tuyo." Hebreo 11:29. Sa kanilang paglusong sa tubig, kanilang ipinakita na kanilang pi- naniniwalaan ang salita ng Dios ayon sa pagkakahayag ni Moises. Ginawa nila ang lahat ng kanilang magagawa, at hinati ng Makapangyarihan ng Israel ang dagat upang magkaroon ng landas para sa kanilang mga paa.

Ang dakilang aral na itinuturo rito ay ukol sa lahat ng panahon. Malimit ang buhay Kristiano ay nilulusob ng mga panganib, at ang [342] mga tungkulin ay tila mahirap harapin. Ang isip ay nagbubuo ng nagbabantang pagkapahamak sa harapan at pagkaalipin o kamatayan sa likuran. Gano'n pa man ang tinig ng Dios ay malinaw na nagsasabing, "magpatuloy." Kinakailangang tayo ay sumunod sa utos na ito, bagaman hindi makatagos ang ating mga mata sa kadiliman, mada- ma man natin ang malamig na alon sa ating mga paa. Ang mga hadlang na nakaharang sa ating pagsulong ay di kailan man mawa- wala sa isang patigil-tigil at nag-aalinlangang espiritu. Yaong mga nagpapaliban ng pagsunod hanggang ang lahat ng anino ng kawalan ng katiyakan ay mawala at wala nang ano pa mang panganib ng pagkabigo o pagkatalo, ay talagang susunod. Ang di paniniwala ay bumubulong, "Tayo ay maghintay hanggang ang lahat ng mga hadlang ay maalis, at malinaw nating makikita ang ating dadaanan." Subalit ang pananampalataya ay may katapangang ipinipilit ang pagsulong, lahat ay inaasahan, lahat ay pinaniniwalaan.

Ang ulap na naging kadiliman para sa mga Ehipcio ay naging isang malaking baha ng liwanag para sa mga Hebreo, nagbibigay liwanag sa buong kampamento, at nagbibigay ng kaliwanagan sa landas na nasa harap nila. Gano'n din naman ang pakikitungo ng Dios ay naghahatid ng kadiliman at kawalan ng pag-asa sa di suma-sampalataya, samantalang sa nagtitiwalang kaluluwa sila ay puno

ng liwanag at kapayapaan. Ang landas na pag-aakayan ng Dios ay
maaaring nasa disyerto o nasa dagat, subalit iyon ay ligtas na landas. [343]

# Kabanata 26—Mula sa Pulang Dagat Hanggang sa Sinai

Ang kabanatang ito ay batay sa Exodo 15:22-27; 16 hanggang 18.

Mula sa Pulang Dagat ang mga Israelita ay muling nagpatuloy sa kanilang paglalakbay, sa ilalim ng pagpatnubay ng haliging ulap. Ang tanawin sa paligid nila ang pinakamapanglaw—linis na linis, mukhang malungkot, mga bundok, malinis na kapatagan, at ang dagat na ma- lawak ang nasasakupan, ang mga pampang noon ay nakakalatan ng mga bangkay ng kanilang mga kaaway; gano'n pa man sila ay puspos ng kagalakan sa nababatid nilang kalayaan, at ang bawat reklamo ay natahimik.

Subalit sa loob ng tatlong araw, samantalang sila ay naglalakbay, ay wala silang masumpungang tubig. Ang dala nila ay ubos na. Wala man lamang makapawi ng nag-aapoy nilang kauhawan samantalang sila'y pagod na naglalakad sa mainit na kapatagan. Si Moises, sa pagiging pamilyar sa lugar na ito, ay alam na hindi alam ng iba, na sa Mara, ang pinakamalapit na mapagpapahingahan kung saan may mga bukal na masusumpungan, ang tubig ay hindi angkop upang magamit. May matinding pag-alalang minasdan ni Moises ang nagpapatnubay na ulap. Malungkot niyang pinakinggan ang masayang sigaw, "Tubig! tubig!" Narinig na parang umaalingawngaw. Mga lalaki, babae, at mga bata ay masayang nagkalipunpon tungo sa bukal, nang, bigla na lamang, isang sigaw ng kalungkutan ang narinig sa mga tao—ang tubig ay mapait.

Sa kanilang kalungkutan at pagkabigo ay kanilang sinisi si Moises sa pag-aakay sa kanila sa gano'ng daan, hindi inaalaalang ang presensya ng Dios sa pamamagitan ng mahiwagang ulap ang nangunguna sa kanya gano'n din sa kanila. Sa kanyang pagkalumo sa kanilang kagu- luhan ginawa ni Moises ang nakalimutan nilang gawin; siya ay taim- tim na tumawag sa Dios para sa tulong. "At pinagpakitaan siya ng Panginoon ng isang puno ng kahoy, at inihagis niya sa tubig, at ang tubig ay tumabang." Dito ibinigay sa Israel sa

pamamagitan ni Moises ang pangakong, "Kung iyong didinggin ng buong sikap ang tinig ng Panginoon mong Dios, at iyong gagawin ang matuwid sa Kanyang mga mata, at iyong didinggin ang Kanyang [344]
mga utos, at iyong gaganapin ang lahat Niyang mga palatuntunan ay wala Akong ilalagay na karamdaman sa iyo, na gaya ng inilagay Ko sa mga Ehipcio: sapagkat Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa iyo." Mula sa Mara ang bayan ay naglakbay tungo sa Elim, kung saan sila ay nakasumpong ng "labingdalawang bukal ng tubig, at pitong- pung puno ng palma." Sila ay nanatili dito ng ilang mga araw bago nagtuloy sa ilang ng Sin. Nang sila ay may isang buwan nang wala sa Ehipto, sila ay gumawa ng una nilang kampamento sa ilang. Ang dala nilang pagkain ay nagsisimula nang maubos. Kakaunti lamang ang mga halaman sa ilang, at ang kanilang kawan ay papaubos na. Papaano matutustusan ng pagkain ang lubhang karamihang ito? Ang kanilang mga puso ay napuno ng pag-aalinlangan, at muli silang nagreklamo. Maging ang mga tagapamuno at mga matanda ng bayan ay sumama sa pagrereklamo laban sa mga pinunong pinili ng Dios: "Namatay na sana kami sa pamamagitan ng kamay ng Panginoon sa lupain ng Ehipto, nang kami ay nauupo sa tabi ng mga palayok ng karne, nang kami ay kumakain ng tinapay hanggang sa mabusog; sapagkat kami ay inyong dinala sa ilang na ito, upang patayin ng gutom ang buong kapisanang ito."

Hindi pa man lamang sila nagugutom; ang pangkasalukuyan nilang pangangailangan ay natutustusan, subalit ipinangangamba nila ang hinaharap. Hindi nila malaman kung paanong ang lubhang karamihang ito ay makakakain sa kanilang paglalakbay sa ilang, at sa kanilang mga pag-aagam-agam nakita nilang ang kanilang mga anak ay nangamamatay sa gutom. Pinahintulutan ng Panginoong sila ay mapaligiran ng kahirapan, at mangunti ang kanilang mga pagkain upang ang kanilang mga puso ay maibaling sa Kanya na hanggang sa mga sandaling ito ay naging Tagapagligtas nila. Kung sa kanilang pangangailangan sila ay tatawag pa rin sa Kanya, ay bibigyan pa rin Niya sila ng hayag na mga tanda ng Kanyang pag-ibig at pangangalaga. Siya ay nakapangako na kung sila ay susunod sa Kanyang mga utos, walang ano mang karamdamang lalapit sa kanila, at isang kasalanan ng di paniniwala para sa kanila ang umasang ang kanilang mga anak ay mamamatay sa gutom.

Ang Dios ay nangakong magiging Dios nila, upang kunin sila bilang Kanyang bayan, at dalhin sila sa malawak at mabuting lupain; ngunit sila'y handang mawalan ng lakas ng loob sa bawat
[345] kahirapan na kanilang nararanasan sa daan. Sa kahanga-hangang paraan Kanyang inilabas sila mula sa pagkaalipin sa Ehipto, upang Siya'y maitaas at madakila at sila'y kapurihan sa lupa. Ngunit kinakailangang makaranas sila ng kahirapan. Dinala sila ng Dios mula sa pinakaabang kalagayan at inihahanda sila na manghawak ng ma- rangal na tungkulin at tumanggap ng mahalaga at banal na mga tungkulin na kakaiba sa ibang nasyon. Kung sila lamang ay nagtiwala at nanampalataya sa Kanya, sa kabila ng mga pagsubok na ibinigay sa kanila, sila sana'y naging masaya sa pagharap sa mga pagsubok at mga kahirapan; nguni't ayaw silang magtiwala sa Panginoon kahit na nasasaksihan nila ang mga ebidensya ng Kanyang kapangyarihan. Nakalimutan nila ang mapait nilang paglilingkod sa Ehipto. Nakali- mutan nila ang kabutihan at kapangyarihan ng Dios na ipinahayag sa kanila sa kanilang paglaya mula sa pagkaalipin. Nakalimutan nila kung paano nailigtas ang kanilang mga anak noong ang pumupuk- sang anghel ay pinatay ang lahat ng panganay ng Ehipto. Nakalimutan nila ang makalangit na kapangyarihan sa Dagat na Pula. Nakalimutan nila na habang sila'y tumatawid na ligtas sa daan na nabuksan para sa kanila, ang mga sundalo ng kanilang kaaway, na nagtatangkang sumunod sa kanila, ay napuspus ng tubig sa dagat. Nakikita at nara- randaman lamang nila ang kanilang kasalukuyang paghihirap; at sa halip na sabihing, "Ang Dios ay gumawa ng mga dakilang bagay para sa amin; na samantala'y kami'y alipin, gagawin Niya kaming dakilang bansa," kanilang pinag-uusapan ang kahirapan sa daan, at nagugulimihanan kung kailan matatapos ang paghihirap nila sa paglalakbay.

Ang kasaysayan ng buhay sa ilang ng mga Israelita ay naitala sa kasalukuyan para sa kapakanan ng Israel ng Dios sa huling panahon. Ang tala na pakikitungo ng Dios, sa mga manlalakbay sa ilang sa lahat ng kanilang paglakad papunta't parito, sa pagkagutom nila, pagkauhaw, at kapaguran, at sa pagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan para sa kanilang kaluwagan, ay puspus ng babala at turo para sa Kanyang bayan. Ang iba't-ibang karanasan ng mga Hebreo ay paaralan sa paghahanda sa kanilang ipinangakong tahanan sa Canaan. Nais ng Dios na ang Kanyang bayan sa ngayon ay balikan

ng may nagpapakumbabang puso at may espiritung handang matutunan ang mga pagsubok na dinaanan ng Israel noong una, upang sila ay maturuan tungkol sa kanilang paghahanda para sa makalangit [346] na Canaan.

Marami ang lumilingon sa mga Israelita, at nagtataka sa kanilang di paniniwala at kanilang pagreklamo, nadarama na sila ay hindi magiging gano'n kawalang utang na loob; subalit kapag ang kanilang pananampalataya ay sinubok, maging sa maliliit na pagsubok, sila ay naghahayag ng di higit na pananampalataya o pagtitiis sa dating Israel. Kapag dinala sa gipit na kalagayan, sila ay nagrereklamo sa paraang pinili ng Dios upang sila ay dalisayin. Bagaman ang pangkasalukuyang pangangailangan nila ay natutustusan, marami ang di handang magtiwala sa Dios para sa hinaharap, at sila ay laging nagaalala baka sila ay datnan ng pagkapulubi at ang kanilang mga anak ay magdusa. Ang iba ay parating nag-aalala sa pagdating ng kasamaan o sa pagpapalawak sa mga kahirapang tunay na nagaganap, kung kaya't ang kanilang mga mata ay di makakita ng mga pagpapalang kinakailangang mapasalamatan. Ang mga pagsubok na kanilang nakakasalamuha, sa halip na mag-akay sa kanila tungo sa pag- hingi ng tulong mula sa Dios, ang tanging Pinagmumulan ng lakas, ay nakapagpapahiwalay sa kanila mula sa Kanya, sapagkat pinupukaw nila ang pagkabalisa at pagrereklamo.

Mabuti ba para sa atin ang di magtiwala tulad noon? Bakit tayo magiging walang utang na loob at di magtiwala tulad noon? Si Jesus ay kaibigan natin; ang buong langit ay interesado sa ating kalagayan; at ang ating pag-aalala at pangamba ay nakapagpapalungkot sa Banal na Espiritu ng Dios. Tayo ay hindi dapat manahan sa pagkabalisa na nakapagpapamukmok at nakapagpapahirap sa atin, subalit hindi na- katutulong upang madala natin ang pagsubok. Hindi kinakailangang magkaroon ng lugar ang ganoong hindi pagtitiwala sa Dios na nag- aakay sa atin upang gawing tanging gawain ng buhay ang paghahanda para sa pangangailangan sa hinaharap, na tila ang ating kali- gayahan ay binubuo ng bagay sa sanlibutan. Hindi kalooban ng Dios na ang Kanyang mga anak ay mabigatan ng pagaalala. Subalit hindi sinasabi ng ating Panginoon na walang mga panganib sa ating landas. Hindi Siya nagmungkahing aalisin ang Kanyang bayan mula sa kasalanan at kasamaan, subalit itinuturo Niya tayo sa isang di na- bibigong kublihan. Inaanyayahan Niya

tayo na mga nangapapagal at nangabibigatang lubha, "Magsiparito sa Akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y Aking papagpapahi- ngahin." Iyong ibaba ang pamatok
[347] ng pag-aalala at makasanlibutang pagkaabala na iyong inilagay sa sarili mong batok, at "pasanin ninyo ang Aking pamatok, at mag-aral kayo sa Akin; sapagkat Ako'y maa- mo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang ka- pahingahan ng inyong mga kaluluwa." Mateo 11:28, 29. Tayo ay maaaring makasumpong ng kapahingahan at kapayapaan sa Dios, inilalagak sa Kanya ang lahat ng ating kabalisahan, sapagkat tayo'y ipinagmamalasakit Niya. Tingnan ang 1 Pedro 5:7.

Sabi ni apostol Pablo, "Magsipag-ingat kayo, mga kapatid, baka sakaling mayroon sa kanino man sa inyo ng isang pusong masama na walang pananampalataya, na naghihiwalay sa inyo sa Dios na buhay." Hebreo 3:12. Sa harap ng lahat ng ginawa ng Dios para sa atin, ang ating pananampalataya ay kinakailangang maging malakas, masig- la, at tumatagal. Sa halip na magmukmok at magreklamo ang laman ng ating mga puso ay kinakailangang maging, "Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko: at lahat ng nangasa loob ko ay mag- sisipuri sa Kanyang banal na pangalan. Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko, at huwag mong kalimutan ang lahat niyang mabu- buting gawa." Awit 103:1, 2.

Hindi binaliwala ng Dios ang mga pangangailangan ng Israel. Ang sabi Niya sa kanilang pinuno, "Kayo'y Aking pauulanan ng pagkain mula sa langit." At nagbigay ng utos na ang mga tao ay kumuha ng pang-araw-araw na pagkain, at doble ang kukuhanin sa ikaanim na araw, upang ang kabanalan ng pangingilin ng Sabbath ay mapanatili.

Tiniyak ni Moises sa mga tao na ang kanilang mga pangangailangan ay matutustusan: "Ito'y mangyayari, Magbibigay ang Panginoon sa inyo sa kinahapunan ng karne na makakain, at sa kinaumagahan ng pagkain, na makabubusog." At kanyang idinagdag, "Ano kami? ang inyong mga pag-upasala ay hindi laban sa amin, kundi laban sa Panginoon." At pagkatapos ay inutusan niya si Aaron upang sabihin sa mga tao, "Lumapit kayo sa harap ng Panginoon; sapagkat Kanyang narinig ang inyong mga pag-upasala." Samantalang si Aaron ay nagsasalita, "sila'y tumingin sa dakong ilang, at, narito, ang kaluwalhatian ng Panginoon ay lumitaw sa ulap." Isang

kaluwalha- tiang kailan man ay di pa nila nakita ang kumatawan sa presensya ng Dios. Sa pamamagitan ng mga pagpapahayag na mauunawaan ng kanilang pakiramdam, sila ay magkakaroon ng pagkakilala sa Dios. Sila ay kinakailangang maturuan na ang Kataas-taasan sa Lahat, at hindi ang pawang taong si Moises, ang kanilang pinuno, upang kani- lang katakutan ang Kanyang pangalan [348]
at sundin ang Kanyang tinig.

Nang magtakipsilim ang kampamento ay pinalibutan ng malaking kawan ng mga pugo, sapat para sa lahat. Sa kinaumagahan ang balat ng lupa ay may "munting bagay na mabilog at munti na gaya ng namuong hamog," "kaparis ng buto ng kulantro, maputi." Ang itina- wag ng bayan doon ay "mana". Ang sabi ni Moises, "Ito ang pagkain na ibinigay ng Panginoon sa inyo upang kanin." Tinipon ng bayan ang mana, at nasumpungang mayroong sapat para sa lahat. Kanila iyong "dinidikdik sa mga lusong, at kanilang niluluto sa mga pala- yok, at ginagawa nilang munting tinapay." Mga Bilang 11:8. "At ang lasa niyaon ay kasinglasa ng manipis na tinapay na may pulot." Sila ay inutusang mamulot araw-araw ng tig-iisang omer bawat tao; at kinakailangang huwag silang magtitira noon hanggang sa kinaumagahan. Ang ilan ay nangahas magtira para sa sunod na araw, subalit nasumpungang iyon ay hindi na maaaring makain. Ang pagkain para sa maghapon ay kinakailangang tipunin sa umaga; sapagkat ang lahat ng mananatili sa lupa ay tutunawin ng sikat ng araw.

Sa pagtitipon ng mana kanilang nasumpungan na ang ilan ay na- kakakuha ng higit at ang iba naman ay kaunti lamang kaysa ipinapa- kukuhang dami; subalit "nang timbangin sa omer, ang namulot ng marami ay walang higit, at ang namulot ng kaunti ay hindi nagku- lang." Isang paliwanag sa talatang ito gano'n din sa praktikal na liksiyong makukuha dito ay ibinigay ni apostol Pablo sa kanyang ikalawang sulat sa mga taga Corinto. Wika niya, "Hindi ko sinasabi ito upang ang iba ay magaanan at kayo'y mabigatan; kundi ayon sa pagkakapantay-pantay: ang inyong kasaganaan ay naging abuloy sa panahong ito sa kanilang kakulangan, upang ang kanilang kasaganaan naman ay maging abuloy sa inyong kailangan; upang magka- roon ng pagkakapantay-pantay. Gaya ng nasusulat, Ang nagtipon ng marami ay hindi naglabis; at ang nagtipon ng kaunti ay hindi kinulang." 2 Corinto 8:13-15.

Nang ikaanim na araw ang bayan ay nagtipon ng dalawang omer bawat isa. Ang mga namumuno ay nagmadaling nagtungo kay Moises upang ipaalam sa kanya ang ginawa ng mga tao. Ang kanyang tugon ay, "Ito ang sinalita ng Panginoon, bukas ay takdang kapahingahan, banal na Sabbath sa Panginoon: ihawin ninyo ang inyong iihawin, at lutuin ninyo ang inyong lulutuin; at lahat na
[349] lalabis ay itago ninyo sa ganang inyo, na inyong itira hanggang sa Idnabukasan." Gano'n nga ang kanilang ginawa, at kanilang nasumpungan na iyon ay hindi nabulok. "At sinabi ni Moises, Kanin ninyo yaon ngayon; sapagkat ngayo'y Sabbath na ipinangingilin sa Panginoon: ngayo'y hindi kayo makakasumpong sa parang. Anim na araw na inyong pupulutin; datapwat sa ikapitong araw ay Sabbath, hindi magkakaroon."

Iniutos ng Dios na ang Kanyang banal na araw ay banal na maipa- ngilin ngayon tulad noong panahon ng Israel. Ang utos na ibinigay sa mga Hebreo ay kinakailangang kilalanin ng lahat ng mga Kristiano ngayon bilang utos mula kay Jehova para sa kanila. Ang araw bago sumapit ang Sabbath ay kinakailangang maging araw ng paghahanda, upang ang lahat ay maihanda para sa mga banal na oras noon. Sa ano mang paraan ay hindi kinakailangang makapasok ang hanapbuhay sa banal na oras. Iniutos ng Dios na ang mga may sakit at naghihirap ay mapangalagaan; ang kinakailangang paglilingkod upang gawin silang komportable ay isang kawang-gawa, at hindi labag sa Sabbath; subalit ang lahat ng hindi kailangang gawin ay dapat iwasan. Marami ang walang ingat na nagpapaliban hanggang sa ang mga unang sandali ng Sabbath ay mapuno ng maliliit na bagay na sana'y nagawa na sa araw ng paghahanda. Ito ay hindi dapat. Ang lahat ng gawaing hindi nagawa bago dumating ang Sabbath ay kinakailangang huwag gagawin hanggang hindi nakalilipas ang Sabbath. Ang hakbang na ito ay makatutulong sa pagpapaala-ala sa mga hindi nakakapag-isip, at nagiging maingat sila sa paggawa ng kanilang gawain sa loob ng anim na araw.

Sa bawat sanlinggo sa panahon ng kanilang mahabang pananatili sa ilang ay nasaksihan ng mga Israelita ang tatlong tuping kababalaghan, na inihanda upang ikintal sa kanilang pag-iisip ang kabanalan ng Sabbath: dobleng takal ng mana ang nahuhulog sa ikaanim na araw, walang nahuhulog sa ikapito, at ang bahaging kinakailangan

para sa Sabbath ay nananatiling matamis at hindi nasisira, na kung ang gano'n ay iingatan sa ibang panahon iyon ay nabubulok.

Sa mga pangyayaring kaugnay ng pagbibigay ng mana, tayo ay may sapat na katibayan na ang Sabbath ay hindi itinatag, gaya ng sinasabi ng iba, nang ang utos ay ibigay sa Sinai. Bago pa nakarating ang mga Israelita sa Sinai ay kanilang naunawaan na ang Sabbath ay dapat nilang ipangilin. Sa pangangailangang magtipon ng dalawang bahagi kung Biyernes sa paghahanda para sa Sabbath, kung kailan [350]
walang mahuhulog, ang banal na likas ng Araw ng Kapahingahan ay patuloy na ikinikintal sa kanila. At nang ang ilan sa mga tao ay lumabas upang magtipon ng mana, ang Panginoon ay nagtanong, "Hanggang kailan tatanggihan ninyong ganapin ang Aking mga utos at ang Aking mga kautusan?"

"Ang mga anak ni Israel ay kumain ng mana ng apat na pung taon, hanggang sa sila'y dumating sa lupaing tinatahanan; sila'y kumain ng mana hanggang sa sila'y dumating sa mga hangganan ng lupain ng Canaan." Sa loob ng apat na pung taon sila ay araw-araw pinaalala- hanan ng makababalaghang pagkain, tungkol sa di nagsasawang pa- ngangalaga at pag-ibig ng Dios. Sa mga salita ng mang-aawit, sila ay binigyan ng Dios "ng trigo ng langit. Kumain ang tao ng tinapay ng Makapangyarihan" (Awit 78:24, 25)—iyon ay, pagkaing inihanda para sa kanila ng makapangyarihan. Tinustusan ng "trigo ng langit," sila ay araw-araw naturuan na, sa pagkakaroon ng mga pangako ng Dios, sila ay ligtas mula sa ano mang pangan-gailangan na tila sila ay napa- paligiran ng mga bukid na puno ng butil sa matabang na kapatagan ng Canaan.

Ang mana, na nahuhulog mula sa langit upang may makain ang Israel, ay isang paglalarawan sa Kanya na naparito mula sa Dios upang magbigay ng buhay sa sanlibutan. Ang wika ni Jesus, "Ako ang tinapay ng kabuhayan. Nagsikain ang inyong mga magulang ng mana sa ilang, at sila'y nangamatay. Ito ang tinapay na bumababang galing sa langit.... Kung ang sinoman ay kumain ng tinapay na ito, siya'y mabubuhay magpakailan man: oo at ang tinapay na Aking ibibigay ay ang Aking laman, sa ikabubuhay ng sanlibutan." Juan 6:48-51. Ang kabilang sa mga ipinangakong pagpapala ng Dios sa bayan sa buhay sa hinaharap ay nasulat, "Ang magtagumpay ay bibig- yan ko ng manang natatago." Apocalipsis 2:17.

Matapos iwan ang ilang ng Sin, ang mga Israelita ay nagtayo ng kampamento sa Rephidim. Dito ay walang tubig noon, at muli silang di nagtiwala sa pagpatnubay ng Dios. Sa kanilang pagiging bulag at pag-aakala ang bayan ay nagtungo kay Moises na nagsabi, "Bigyan mo kami ng tubig na aming mainom." Subalit ang kanyang pagpapasensya ay hindi nawala. "Bakit kayo nakilapagtalo sa akin?" wika niya; "Bakit ninyo tinutukso ang Panginoon?" Sila ay sumigaw sa galit, "Bakit mo kami isinampa rito mula sa Ehipto, upang patayin mo kami sa uhaw, at ang aming mga anak, at ang aming
[351] kawan?" Nang sila ay tustusan ng masaganang pagkain, ikinahiya nila ang kanilang di paniniwala at mga pagrereklamo, at nangakong magtiti- wala sa Panginoon sa hinaharap; subalit kaagad nilang kinalimutan ang kanilang pangako, at nabigo sa unang pagsubok ng kanilang pananampalataya. Ang haligi ng ulap na nagpapatnubay sa kanila ay tila nagtakip ng isang kilabot na kahiwagaan. At si Moises—sino siya? ang tanong nila, at ano ang maaaring layunin niya sa paglalabas sa kanila mula sa Ehipto? Ang paghihinala at di pagtitiwala ang pumuno sa kanilang mga puso, at hayag nilang inakusahan siya ng panukalang pagpatay sa kanila at sa kanilang mga anak sa pamamagitan ng kasalatan at mga kahirapan upang kanyang mapayaman ang kanyang sarili ng kanilang mga pag-aari. Sa kaguluhan ng kanilang pagkagalit at pagkainis ay halos batuhin na nila siya.

Sa kalituhan si Moises ay dumaing sa Panginoon, "Ano'ng aking gagawin sa bayang ito?" Siya ay inutusang dalhin ang mga matanda ng Israel at ang kanyang tungkod na ginamit sa pagsasagawa ng dakilang kababalaghan sa Ehipto, at humarap sa bayan. At sinabi ng Panginoon sa kanya, "Narito, Ako'y tatayo sa harap mo roon sa ibabaw ng bato sa Horeb; at iyong papaluin ang bato, at lalabasan ng tubig, upang ang bayan ay makainom." Siya ay sumunod, at ang tubig ay lumabas na isang buhay na sapat na masaganang tumustos sa kampamento. Sa halip na utusan si Moises na itaas ang kanyang tungkod upang tumawag ng isang kilabot na salot, gaya ng sa Ehipto, para sa mga pinuno ng Israel sa ganitong masamang pagrereklamo, ay ginamit ng Panginoon sa Kanyang dakilang kahaba- gan ang tungkod bilang kasangkapan sa paggawa nang kanilang ikali- ligtas.

"Kanyang pinuwangan ang mga bato sa ilang. At pinainom niya sila ng sagana na gaya ng mula sa mga kalaliman. Nagpabukal

naman siya mula sa bato. At nagpababa ng tubig na parang mga ilog."Awit 78:15, 16 Hinampas ni Moises ang bato, subalit iyon ay ang Anak ng Dios na, nakukublihan ng maulap na haligi, ay tumindig sa tabi ni Moises, at nagpapangyaring ang tubig na nakapagbibigay buhay ay dumaloy. Hindi lamang si Moises at ang mga matanda, kundi pati ang natipong mga tao na nasa malayo, ang nakakita sa kaluwalhatian ng Dios; subalit kung ang ulap ay inalis, ay maaaring sila ay napatay ng lubhang kaliwanagan Niya na nanahan doon.

Sa kanilang kauhawan ay tinukso ng bayan ang Dios, sa pagsasa- [352]
bing, "Ang Panginoon ba'y nasa gitna natin o wala?"—"Kung ang Dios ang nagdala sa atin dito, bakit hindi Niya tayo bigyan ng tubig at ng tinapay?" Ang di paniniwala na inihayag sa ganoong paraan ay isang krimen, at si Moises ay nangambang ang hatol ng Panginoon ay ipataw sa kanila. At kanyang tinawag ang lugar na iyon na Massah, o "tukso" at Meribah, o "panunumbat," bilang isang alaala ng kanilang kasalanan.

Isang bagong panganib ang nagbabanta sa kanila. Dahil sa kanilang mga pagreklamo laban sa Kanya, ay tiniis ng Panginoon ang sila'y lusubin ng kanilang mga kaaway. Ang mga Amalekita, isang mabagsik, at mapagdigmang tribo na naninirahan sa lugar na iyon, ay lumabas laban sa kanila at pinatay yaong mga nanghihina, at nangapapagal, na nangatumba sa hulihan. Si Moises, sa pagkabatid na ang maraming mga taong iyon ay hindi handa sa pakikipagdigma, ay inutusan si Josue na pumili mula sa iba't-ibang tribo ng isang grupo ng mga kawal, at pangunahan sila sa kinaumagahan laban sa mga kaaway, samantalang siya mismo ay tatayo sa isang mataas na lugar sa malapit na hawak ang tungkod ng Dios sa kanyang kamay. Nang kinabukasan si Josue at ang kanyang grupo nga ay lumusob sa mga kalaban, samantalang si Moises at si Aaron at si Hur ay nakatayo sa isang gulod na natatanaw ang lugar ng labanan. Samantalang ang mga kamay ay nangakataas sa pag-abot sa langit, at hawak ang tungkod ng Dios sa kanyang kanang kamay, si Moises ay nanalangin para sa tagumpay ng sandatahan ng Israel. Samantalang ang labanan ay nagpapatuloy, napansin na samantalang ang kanyang mga kamay ay umaabot sa itaas, ang Israel ay nananalo, subalit kapag iyon ay napa- pababa, ang mga kalaban ang nananalo. Nang mapagod si Moises, ay itinaas ni Aaron at ni Hur ang kanyang

mga kamay hanggang sa paglubog ng araw, nang ang kanilang mga kalaban ay magsilikas.

Samantalang inaalalayan ni Aaron at ni Hur ang mga kamay ni Moises, ipinakita nila sa bayan ang kanilang tungkulin upang tulu- ngan siya sa kanyang mabigat na gawain samantalang siya naman ay tumatanggap ng salita mula sa Dios upang salitain sa kanila. At ang ginawa ni Moises ay makahulugan din, nagpapakitang hawak ng Dios ang kanilang kahahantungan sa Kanyang mga kamay; samantalang nagtitiwala sila sa Kanya, Siya ang makikipaglaban para sa kanila at pupuksain ang kanilang mga kalaban; subalit kung luluwagan nila ang kanilang paghawak sa Kanya, at magtitiwala sa
[353] sarili nilang ka- pangyarihan, sila ay magiging mahina kaysa doon sa hindi nakakiki- lala sa Dios, at ang kanilang mga kalaban ay mananaig sa kanila.

Kung paanong ang mga Hebreo ay nagwagi samantalang iniu- unat ni Moises ang kanyang mga kamay tungo sa langit at nama- magitan para sa kanila, gano'n din naman ang Israel ng Dios ay nananaig samantalang sa pamamagitan ng pananampalataya sila ay nakahawak sa kalakasan ng kanilang makapangyarihang Tagatulong. Gano'n pa man ang kalakasan ng Dios ay kinakailangang mailakip sa pagkilos ng tao. Si Moises ay hindi naniniwalang tatalunin ng Dios ang kanilang mga kalaban samantalang sila ay walang gi- nagawa. Samantalang ang dakilang pinuno ay nakikipag-usap sa Panginoon, si Josue at ang kanyang mga matatapang na tagasunod ay nagsisikap na talunin ang mga kaaway ng Israel at ng Dios.

Matapos matalo ang mga Amalekita, ay nag-utos ang Dios kay Moises, "Isulat mo ito na pinakaala-ala sa isang aklat, at ipagbigay alam mo kay Josue na aking ipalilimot ang pag-alaala kay Amalek sa silong ng langit." Bago mamatay ang dakilang pinuno ay ibinigay niya sa kanyang bayan ang solemneng tagubilin: "Alalahanin mo ang ginawa sa iyo ng Amalek sa daan nang ikaw ay lumabas sa Ehipto; na kung paanong sinalubong ka niya sa daan, at sinaktan niya ang mga kahulihan sa iyo, yaong lahat na mahina sa hulihan mo, nang ikaw ay pagod at pagal; at siya'y hindi natakot sa Dios.... Iyong papawiin ang pag-alala sa Amalek sa silong ng langit; huwag mong limutin." Deu- teronomio 25:17-19. Tungkol sa masamang bayang ito ay sinabi ng Panginoon, "Ang Panginoon ay makikipagdigma kay Amalek." Exodo 17:16, huling bahagi.

Alam ng mga Amalekita ang tungkol sa likas ng Dios at ng Kanyang kapangyarihan, subalit sa halip na matakot sa Kanya, ay iginayak nila ang kanilang mga sarili upang labanan ang Kanyang kapangyarihan. Ang mga kababalaghang ginawa sa pamamagitan ni Moises sa harap ng mga Ehipcio ay ginawang katatawanan ng bayan ng Amalek, at ang pagkatakot ng mga nakapaligid na mga bansa ay pinagtawanan. Sila ay sumumpa sa kanilang mga diyos na kanilang pupuksain ang mga Hebreo, anupa't wala ni isang makakatakas, at kanilang ipinagmalaki na ang Dios ng Israel ay walang laban sa kanila. Hindi sila nasaktan o natakot ng mga Israelita. Ang kanilang pagsalakay ay walang kadahi-dahilan. Iyon ay upang ipakita ang ka- nilang galit at pagtanggi sa Dios kung kaya't sinikap nilang puksain ang Kanyang bayan. Ang mga Amalekita ay matagal [354] nang matinding mga makasalanan, at ang kanilang mga krimen ay sumigaw sa Panginoon upang paghigantihan, gano'n pa man ang Kanyang ka- habagan ay tumatawag pa rin sa kanila upang magsisi; subalit nang ang mga lalaki ng Amalek ay sumalakay sa mahihina at walang kaka- yanan sa mga Israelita, ay tinatakan nila ang wakas ng kanilang bayan. Ang pangangalaga ng Dios ay nasa pinakamahihina sa Kanyang mga anak. Walang ano mang kalupitan o pang-aapi sa kanila ang di tinatandaan ng langit. Sa lahat ng umiibig at natatakot sa Kanya, ang Kanyang kamay ay nagsisilbing pananggalang; mangyaring mag- ingat ang mga tao baka kanilang masaktan ang kamay na iyon; sapagkat inihahanda noon ang tabak ng katarungan.

Malapit sa pinagkakampuhan ngayon ng mga Israelita ay ang tahanan ni Jethro, ang biyenan ni Moises. Narinig ni Jethro ang tungkol sa pagkaligtas ng mga Hebreo, at siya ngayon ay gumayak upang dalawin sila, at upang ibalik kay Moises ang kanyang asawa at dalawang anak. Ang tanyag na pinuno ay sinabihan ng mga tagapag-hatid ng balita tungkol sa kanilang pagdating, at sinalubong niya sila ng may kagalakan, at, matapos ang una nilang pagbabatian, ay isinama sila sa kanyang tolda. Kanyang pinabalik noon ang kanyang sambahayan nang siya ay nagtutungo sa landas ng mga panganib ng pagsakay sa Israel mula sa Ehipto, subalit ngayon ay muli na naman siyang masisiyahan na nakakasama sila. Isinaysay niya kay Jethro ang mga kahanga-hangang pakikitungo ng Dios sa Israel, ang patriarka ay natuwa at nagpuri sa Panginoon, at kasama ni Moises at ang mga matanda siya at nakiisa sa paghahandog ng hain

at pagkakaroon ng isang solemneng kapistahan dahil sa kahabagan ng Dios.

Samantalang si Jethro ay naroon sa kampamento kaagad niyang napansin ang mabigat na pasaning na kay Moises. Ang pagpapanatili ng kaayusan at magdisiplina sa isang napakarami, walang alam, at di sanay na mga tao ay isang napakabigat na gawain. Si Moises ang kinikilala nilang pinuno at hukom, at hindi lamang ng kapakanang pangkalahatan at tungkulin ng bayan, kundi pati ang mga pagtata- long bumabangon sa kanilang kalagitnaan, ay dinadala sa kanya. Pina- hihintulutan niya ito, sapagkat nagkakaroon siya ng pagkakataon u- pang turuan niya sila; gaya ng sabi niya, "Aking ipinakikilala sa kanila ang mga palatuntunan ng Dios, at ang Kanyang mga kautusan." Subalit si Jethro ay nagreklamo laban sa
[355] bagay na ito, na nagsasabi, "Ang bagay ay totoong mabigat sa iyo; hindi mo makakayanang mag-isa." "Tunay na ikaw ay manghihina," at kanyang ipinayo kay Moises na humanap ng angkop na mga tao upang magpuno sa lili- buhin, at ibang magpupuno sa dadaanin, at iba'y sasampuin. Sila ay kinakailangang "mga taong bihasa, gaya ng matatakutin sa Dios, na napopoot sa kasakiman." Ang mga ito ang hahatol sa lahat ng maliliit na mga bagay, samantalang ang pinakamahirap at pinakamahalagang mga bagay ay maihaharap pa rin kay Moises, na para sa mga tao, sabi ni Jethro, "sumainyo nawa ang Dios: ikaw ang maging tagapag-akay sa bayan sa harap ng Dios, at dalhin mo ang mga usap sa Dios: at ituro mo sa kanila ang mga palatuntunan, at ang mga kautusan, at ipakikilala mo sa kanila ang daang nararapat lakaran, at ang gawang kanilang nararapat gawin." Ang payong ito ay tinanggap, at ito ngayon ay hindi lamang naghatid ng kaginhawahan kay Moises, subalit naghatid rin ng higit pang ganap na kaayusan ng bayan.

Lubos na pinarangalan ng Panginoon si Moises, at gumawa ng dakilang mga kababalaghan sa pamamagitan ng kanyang kamay; subalit ang katotohanang siya ay napili upang magturo sa iba ay hindi naging sanhi upang kanyang isipin na siya mismo ay hindi na na- ngangailangan ng magtuturo. Ang piniling pinuno ng Israel ay magalak na nakinig sa payo ng maka-Dios na saserdote ng Madian, at tinanggap ang kanyang panukala bilang mabuting paraan.

Mula sa Rephidim ang bayan ay nagpatuloy sa kanilang paglalakbay, sinusundan ang pagkilos ng maulap na haligi. Ang kanilang

landas ay dumaan sa malinis na kapatagan, matarik na ahunin, at mabatong pagitan ng mga bundok. Malimit samantalang sila'y dumadaan sa mabuhanging ilang, nakakakita sa harap nila ng mga bundok, tulad sa malalaking mga pader, suson-susong nakaharang sa kanilang daraanan, at tila nagbabawal ng ano mang pagsulong. Subalit samantalang sila'y lumalapit, ay nakakakita ng mga daraanan sa iba't-ibang dako ng mga pader na bundok, at sa ibayo noon, isa na naman muling kapatagan ang kanilang nakita. Sila ngayon ay naakay sa isang malalim at makipot na daan. Iyon ay isang napakagandang tanawin. Sa pagitan ng dalawang mabatong bangin na daan-daan ang taas sa magkabilang panig, dumaloy ang agos ng mga may buhay, kasing layo ng maaabot ng pananaw ng mata, ang mga Israelita kasama ang kanilang mga kawan at mga bakahan. At ngayon sa harap nila ay ang solemneng karilagan ng bundok ng Sinai na kaha- rap ng malaking harapan. Ang maulap na haligi ay tumigil [356] sa tuktok niyaon, at iniladlad ng bayan ang kanilang mga tolda sa kapatagang nasa ibaba noon. Narito ang magiging tahanan nila sa loob ng halos isang taon. Sa kinagabihan ay tinitiyak sa kanila ng haliging apoy ang pag-iingat ng Dios, at samantalang sila'y nangatutulog, ang pagkain ng langit ay matahimik na nahuhulog sa kampamento.

Sinisinagan ng pagbubukang liwayway ang madidilim na gulugod ng mga bundok, at ang ginintuang sinag ng araw ay tumutuloy sa malalalim na bangin, na naghihitsurang sinag ng kaawaan mula sa trono ng Dios para sa mga pagod na manlalakbay na ito. Sa bawat panig, ang malubak na mga bundok ay tila nagsasalita tungkol sa walang hanggang katatagan at karilagan sa kanilang matahimik na kalakihan. Ang tao ay ginawa upang madama ang kanyang kawalan ng kaalaman at kahinaan sa harap Niya na "tumimbang ng mga bundok sa mga panimbang, at ng mga burol sa timbangan." Isaias 40:12. Dito ay tatanggapin ng Israel ang pinakamagandang pagpapahayag na kailan man ay ginawa ng Dios sa tao. Dito ay tinipon ng Dios ang Kanyang bayan upang ikintal sa kanila ang kabanalan ng Kanyang mga utos sa pamamagitan ng pagpapahayag sa pamamagitan ng sarili Niyang tinig ang Kanyang banal na kautusan. Dakila at malaking mga pagbabago ang gagawin sa kanila; para sa nakapagpa- pabagong impluwensya ng pagkaalipin at isang mahabang patuloy na pakikisalamuha sa pagsamba sa mga diyus-diyusan na

nag-iwan ng tanda sa kanilang likas at pagkatao. Ang Dios ay gumagawa upang itaas sila sa mataas na moralidad sa pamamagitan ng
[357] pagbibigay sa kanila ng kaalaman tungkol sa Kanya.

## Kabanata 27—Ang Kautusang Ibinigay sa Israel

Ang kabanatang ito ay batay sa Exodo 19 hanggang 24.

Di nagtagal ng sila'y magtayo ng kampamento sa Sinai, si Moises ay tinawagang pumanhik sa bundok upang makipagtagpo sa Dios. Mag-isa siyang pumanhik sa matarik at malubak na landas, at lumapit sa ulap na tanda ng lugar na kinaroroonan ng Dios. Ang Israel ngayon ay kukunin na tungo sa isang malapit at kakaibang relasyon sa Kataas-taasan sa Lahat—upang itatag bilang isang iglesia at isang bansa sa ilalim ng pamahalaan ng Dios. Ang mensahe kay Moises para sa mga tao ay:

"Inyong nakita ang Aking ginawa sa mga Ehipcio, at kung paanong dinala Ko kayo sa mga pakpak ng agila, at kayo'y inilapit Ko sa Akin din. Kaya't ngayon, kung tunay na inyong susundin ang Aking tinig, at iingatan ang Aking tipan, ay magiging isang tanging kayamanan nga kayo sa Akin, na higit sa lahat ng bayan: sapagkat ang buong lupa ay Akin; at kayo'y magiging isang kaharian ng mga saserdote sa Akin, at isang banal na bansa."

Si Moises ay nagbalik sa kampamento, at nang matawag ang mga matanda sa Israel, inulit niya sa kanila ang mensahe ng Dios. Ang kanilang tugon ay, "Yaong lahat na sinalita ng Panginoon ay aming gagawin." Kaya't sila'y pumasok sa isang solemneng pakikipagtipan sa Dios, iginagarantiya ang kanilang mga sarili na tatanggapin Siya bilang kanilang Hari, na sa pamamagitan noon sila ay naging, sa isang natatanging kaisipan, mga tagasunod sa Kanyang kapangyarihan.

Muling pumanhik ang kanilang pinuno sa bundok, at sinabi sa kanya ng Panginoon, "Narito ako'y naparirito sa iyo sa isang salimuot na ulap upang marinig ng bayan pagka Ako'y magsasalita sa iyo, at paniwalaan ka rin naman nila magpakailan man." Nang sila'y magkaroon ng mga kahirapan sa daan, sila'y nagreklamo kay Moises at kay Aaron, at inakusahan silang nag-aakay sa buong Israel mula sa Ehipto upang sila ay patayin. Si Moises ay pararangalan ng

[358] Panginoon sa harap nila, upang sila'y maakit magtiwala sa kanyang mga ipinag-uutos.

Pinanukala ng Dios na gawing isang lubhang kahanga-hanga ang okasyon ng pagsasalita ng Kanyang kautusan, ayon sa marangal na likas noon. Kinakailangang madama ng mga tao ng lahat ng kaugnay ng paglilingkod sa Dios ay kinakailangang harapin ng may dakilang paggalang. Sabi ng Panginoon kay Moises, "Pumaroon ka sa bayan at papagbanalin mo sila ngayon at bukas at labhan nila ang kanilang mga damit, at humanda sa ikatlong araw: sapagkat sa ikatlong araw ay bababa ang Panginoon sa paningin ng buong bayan sa ibabaw ng bundok ng Sinai." Sa loob ng mga araw na ito ang lahat ay kinakailangang gamitin ang pagkakataon sa solemneng paghahanda sa pag- harap sa Dios. Ang kanilang katauhan at ang kanilang damit ay kinakailangang walang anumang karumihan. At kapag inihayag ni Moises ang kanilang mga kasalanan, kinakailangang italaga nila ang kanilang mga sarili sa pagpapakumbaba, pag-aayuno, at pananalangin, upang ang kanilang mga puso ay malinis mula sa kasalanan.

Ang mga paghahanda ay naisakatuparan, ayon sa iniutos; at bilang pagsunod sa iba pang iniutos, ipinag-utos ni Moises na lagyan ng harang ang paligid ng bundok, upang walang tao ni hayop man ang makapasok sa banal na dako. Sino mang mangahas na pumasok o mangahas na humawak doon, ang parusa ay dagliang pagkamatay.

Sa kinaumagahan ng ikatlong araw, samantalang ang mga mata ng buong bayan ay nakatingin sa bundok, at ang tuktok noon ay nata- takpan ng isang makapal na ulap, na higit pang naging maitim at makapal, dumadaloy pababa hanggang sa ang buong bundok ay na- balot sa kadiliman at kilabot na kababalaghan. At isang tunog ng pakakak ang narinig, nag-aanyaya sa mga taong makipagtagpo sa Dios; at sila ay pinangungunahan ni Moises tungo sa paanan ng bundok. Mula sa salimuot na kadiliman ay kumisap ang maliwanag na mga kidlat, samantalang ang mga dagundong naman ng kulog ay umaalingawngaw at muling umaalingawngaw sa kalapit na mga bundok. "At ang buong bundok ng Sinai ay umuusok, sapagkat ang Panginoon ay bumaba sa ibabaw niyaon na nasa apoy: at ang usok niyaon ay napaiilanglang na parang usok ng isang hurno, at ang buong bundok ay umuugang mainam." "At ang anyo ng kaluwal- hatian ng Panginoon ay paris ng apoy na manunupok sa ibabaw ng

taluktok ng bundok" sa harap ng natipong karamihan. At "lumakas ng lumakas ang tunog ng pakakak." Kakilakilabot ang mga pagpapa- [359]
hayag ng presensya ni Jehova anopa't ang mga Israelita ay nanginig sa takot, at umubob sa harap ng Panginoon. Maging si Moises ay nagsabi, "Ako'y totoong nasisindak at nanginginig." Hebreo 12:21.

At ngayon ang pagkulog ay tumigil na; ang pakakak ay hindi na naririnig; ang lupa ay hindi na umuuga. Mayroong solemneng katahimikan, at ang tinig ng Dios ay narinig. Nagsasalita mula sa makapal na kadilimang nakabalot sa Kanya, samantalang Siya'y nakatayo sa bundok, napapaligiran ng isang grupo ng mga anghel, ipinaalam ng Panginoon ang Kanyang kautusan. Si Moises sa paglalarawan ng tagpong iyon, ay nagsabi: "Ang Panginoo'y nanggaling sa Sinai, at bumangon mula sa Seir na patungo sa kanila; Siya'y lumiwanag mula sa bundok ng Paran, at Siya'y nanggaling mula sa laksa-laksang mga banal: sa Kanyang kanan ay may hawak na isang mahigpit na kautusan sa kanila. Oo at Kanyang iniibig ang bayan: lahat ng kanyang mga banal ay nasa Iyong mga kamay: at sila'y umuupo sa iyong paanan; na bawat isa'y tatanggap ng Iyong mga salita." Deuteronomio 33:2,3.

Inihayag ni Jehova ang Kanyang sarili, hindi lamang sa kagilagila- las na karilagan ng hukom at ng tagapag-utos, kundi bilang isang mahabaging tagapagbantay ng Kanyang bayan: "Ako ang Panginoon mong Dios, na naglabas sa iyo sa lupain ng Ehipto, sa bahay ng pagkaalipin." Siya na kanila nang nakilala bilang kanilang Patnubay at Tagapagligtas, na naglabas sa kanila mula sa Ehipto, na naghanda ng daan para sa kanila sa dagat, at pumuksa kay Faraon at sa Kanyang hukbo, na nagpahayag ng Kanyang sarili bilang nakahihigit sa lahat ng mga diyos ng Ehipto—Siya iyon na ngayon ay bumibigkas ng Kanyang kautusan.

Ang kautusan ay hindi binanggit sa panahong ito para lamang sa mga Hebreo. Sila ay pinarangalan ng Dios sa pagkuha sa kanila bilang mga tagapagbantay at tagapag-ingat ng Kanyang kautusan, subalit iyon ay kinakailangang hawakan bilang isang banal na kaloob para sa buong sanlibutan. Ang mga batas ng sampung utos ay angkop sa lahat ng sangkatauhan, at ang mga iyon ay ipinagkaloob para sa pagtuturo at pamamahala ng lahat. Sampung mga batas, maiksi, linalaman ang lahat, at makapangyarihan, saklaw ang katungkulan ng tao sa Dios at sa kanyang kapwa tao; at lahat ay nakasalalay sa

dakilang pangunahing prinsipyo ng pag-ibig. "Iibigin mo ang Pangi-
[360] noon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo at ng buong lakas mo, at ng buong pag-iisip mo; at ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili." Lucas 10:27. Tingnan din ang Deuteronomio 6:4, 5; Levitico 19:18. Sa Sampung Utos ay isinasakatuparan ang detalye ng mga prinsipyong ito, at ginagawang angkop sa lahat ng kundisyon at kalagayan ng tao.

"Huwag kang magkakaroon ng ibang mga Dios sa harap Ko."

Si Jehova, ang walang hanggan, nangyari sa pamamagitan ng sarili, Isang hindi nilikha, Siya na Pinagmulan at Tumutustos sa lahat, ang tanging karapat-dapat sa kataas-taasang paggalang at pagsamba. Ang tao ay binabawalang magbigay sa ano mang bagay ng unang lugar sa kanilang pag-ibig at paglilingkod. Ano man ang ating pinahahalaga- han na nakakabawas sa ating pag-ibig sa Dios o nakapahadlang sa paglilingkod na nauukol sa Kanya, iyon ang ginagawa nating diyos.

"Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan o ng kawangis man ng anomang anyo na nasa itaas sa langit, o nasa ibaba sa lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa: huwag mong yuyukuran sila, o paglilingkuran man sila."

Ang ikalawang utos ay nagbabawal sa pagsamba sa tunay na Dios sa pamamagitan ng mga larawang inanyuan o mga kawangis. Maraming mga di Kristianong bansa na nag-aangking ang mga larawan ay pawang mga hugis o simbolo na sa pamamagitan noon ang Dios ay sinasamba, subalit inihayag ng Dios na ang gano'ng uri ng pagsamba ay kasalanan. Ang pagtatangkang ihayag ang Isang walang hanggan sa pamamagitan ng materyal na mga bagay ay makapagpapababa sa pagkakilala ng tao sa Dios. Ang isip, na naalis mula sa walang hanggang kasakdalan ni Jehova, ay maaakit sa nilalang sa halip na sa Manlalalang. At samantalang ang kanyang pagkakilala sa Dios ay nakababa, ang tao din naman ay mababababa.

"Akong Panginoon mong Dios, ay Dios na mapanibughuin." Ang malapit at banal na relasyon ng Dios sa Kanyang bayan ay inihaha- yag sa pamamagitan ng anyo ng pag-aasawa. Ang pagsamba sa diyus- diyusan bilang espirituwal na pangangalunya, ang galit ng Dios laban doon ay angkop na tawaging paninibugho.

"Dinadalaw ang katampalasanan ng mga magulang sa mga anak hanggang sa ikatlo at ikaapat na salin ng lahi ng mga napopoot sa

Akin." Di maiiwasang ang mga anak ay magdusa bunga ng pagkakamali ng mga magulang, subalit sila ay di pinarurusahan dahil sa kasalanan ng mga magulang, malibang sila ay makibahagi sa kani- [361]
lang mga kasalanan. Karaniwan ay gano'n ang nangyayari, gano'n pa man, na ang mga anak ay lumalakad sa hakbang ng kanilang mga magulang. Sa pamamagitan ng minana at ng halimbawa ang mga anak ay nagiging kabahagi ng kasalanan ng ama. Masamang hilig, ligaw na panglasa, malaswang moralidad, gano'n din ang mga ka- ramdaman at kasamaan ng katawan, ay naisasalin bilang pamana sa anak mula sa ama, hanggang sa ikatlo at ikaapat na henerasyon. Ang kilabot na katotohanang ito ay kinakailangang magkaroon ng so- lemneng kapangyarihan upang pigilan ang mga tao sa pagsunod sa maling landas ng kasalanan.

"Pinagpapakitaan Ko ng kaawan ang libu-libong umiibig sa Akin at tumutupad ng Aking mga utos." Sa pagbabawal ng pagsamba sa mga diyus-diyusan, ang ikalawang utos ay nangangahulugan ng pagsamba sa tunay na Dios. At doon sa mga tapat sa paglilingkod sa Kanya, ang kahabagan ay ipinangako, hindi lamang hanggang sa ikatlo at ikaapat na herenasyon tulad ng galit na ipinagbabanta doon sa mga may galit sa Kanya, kundi sa libung mga lahi.

"Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan; sapagkat hindi aariin ng Panginoong walang sala ang bumanggit ng Kanyang pangalan sa walang kabuluhan."

Ang utos na ito ay hindi lamang nagbabawal sa di totoong panunumpa at pangkaraniwang pagtutungayaw, datapuwat ipinagbabawal nito sa atin ang paggamit ng pangalan ng Dios sa isang di makabulu- han o walang pag-iingat na paraan, at walang pakundangang dakilang kahulugan noon. Sa di natin iniisip na pagbanggit sa Dios sa pangkaraniwang pag-uusap, sa pagtawag sa Kanya tungkol sa walang kabuluhang mga bagay, at sa malimit at di iniisip na pag-ulit sa Kanyang pangalan, ay ating linalapastangan Siya. "Banal at kaga- lang-galang ang Kanyang pangalan." Awit 111:9. Ang lahat ay kinakailangang magmuni-muni sa Kanyang pagkahari, Kanyang ka- dalisayan at kabanalan, upang ang puso ay magkaroon ng pagkadama ng Kanyang pagkamataas ang uri; at ang Kanyang banal na pangalan ay kinakailangang banggitin ng may paggalang at kataimtiman.

"Alalahanin mo ang araw ng Sabbath upang ipangilin. Anim na araw na gagawa ka, at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain. Ngunit ang ikapitong araw ay Sabbath sa Panginoon mong Dios: sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa, ikaw,
[362] ni ang iyong anak na lalaki ni babae, ni ang iyong aliping lalaki ni babae, ni ang iyong baka, ni ang iyong taga ibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang daan: sapagkat sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nangaroon, at nagpahinga sa ikapitong araw; na ano pa't pinagpala ng Panginoon ang araw ng Sabbath, at pinakabanal."

Ang Sabbath ay hindi ipinakilala bilang isang bagong institusyon, kundi bilang isang itinatag sa paglalang. Iyon ay kinakailangang ala- lahanin at ipangilin bilang alaala ng ginawa ng Manlalalang. Itinu- turo ang Dios bilang Siyang Gumawa ng langit at ng lupa, itinatang- hal nito ang tunay na Dios na iba sa lahat ng diyus-diyusan. Lahat ng nangingilin ng ikapitong araw ay nagpapahayag sa pamamagitan nito na sila ay sumasamba kay Jehova. Kaya't ang Sabbath ay tanda ng pagtatapat ng tao sa Dios habang mayroong sino man sa lupang maglilingkod sa Kanya. Ang ikaapat na utos ang bukod tangi sa sampu kung saan masusumpungan kapwa ang pangalan at titulo ng Tagapag-utos. Iyon lamang ang bukod tanging naghahayag ng kung kaninong kapangyarihan ibinigay ang kautusan. Kaya't iyon ang nag- lalaman ng tatak ng Dios, isinama sa Kanyang kautusan bilang kati- bayan ng katotohanan at kapangyarihan.

Ang Dios ay nagbigay sa tao ng anim na araw upang gumawa, at iniutos Niya na ang sarili nilang mga gawa ay gawin sa anim na araw ng paggawa. Ang mga gawa ng pangangailangan at kahabagan ay pinahihintulutan kung Sabbath, ang may sakit at nagdurusa sa ano mang panahon ay kinakailangang pangalagaan; subalit ang maaaring maiwasang gawain ay mahigpit na pinaiiwasan. "Iyong iurong ang iyong paa sa Sabbath, sa paggawa ng iyong kalayawan sa Aking banal na kaarawan; at iyong tawagin ang Sabbath na kaluguran, at ang banal ng Panginoon na marangal; at iyong pararangalan na hindi ka lalakad sa iyong mga sariling lakad, ni hahanap ng iyong sariling kalayawan" Isaias 58:13. Ni hindi nagtapos ang pagbabawal dito. "Ni magsasalita ng iyong mga sariling salita," wika ng propeta. Yaong nag-uusap tungkol sa hanapbuhay o nagpapanukala sa araw ng Sabbath ay itinuturing ng Dios na sa katotohana'y nagha-

hanapbu- hay. Upang maingatang banal ang Sabbath, ni hindi natin dapat pahintulutan ang ating mga isip na mag-isip ng mga bagay na maka- mundo. At sinasakop ng utos ang lahat ng nasa loob ng ating pintuang daan. Ang mga kasama sa bahay ay kinakailangang isa-isang tabi ang kanilang makamundong gawain sa panahon ng [363] mga banal na oras. Ang lahat ay kinakailangang makiisa sa pagpapaparangal sa Dios sa pamamagitan ng malugod na paglilingkod sa Kanyang banal na araw.

"Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina: upang ang iyong mga araw ay tumagal sa ibabaw ng lupa na ibinigay sa iyo ng Panginoon mong Dios."

Ang mga magulang ay karapat-dapat sa isang antas ng pagmamahal at paggalang na hindi nararapat sa kanino mang tao. Ang Dios mis- mo, na naglagay sa kanila ng responsibilidad para sa mga kaluluwang itinagubilin sa kanila, ay nag-utos na sa mga unang taon ng kanilang buhay, ang mga magulang ang tatayo sa lugar ng Dios sa kanilang mga anak. At sino mang tumatanggi sa mararapat na pamamahala ng kanyang mga magulang ay tumatanggi sa pamamahala ng Dios. Ang ikalimang utos ay nag-uutos sa mga anak hindi lamang upang mag- bigay galang, pagpapasakop, at pagsunod sa kanilang mga magulang, kundi pati ang sila'y bigyan ng pagmamahal at kabaitan, upang mapa- gaan ang kanilang mga pasanin, ingatan ang kanilang reputasyon, at upang sumaklolo at umaliw sa kanila sa katandaan. Iyon ay nag- uutos din sa kanila na igalang ang mga ministro at mga namumuno at iba pang binigyan ng Dios ng kapamahalaan.

Iyon, sabi ng apostol, ang "unang utos na may pangako." Efeso 6:2. Para sa Israel, na di magtatagal ay umaasang papasok sa Canaan, iyon ay isang pangako sa masunurin, ng mahabang buhay sa mabuting lupain; subalit iyon ay may higit na malawak na kahulugan, kabilang ang lahat ng Israel ng Dios, at nangangako ng buhay na walang hanggan sa lupa kapag iyon ay naging malaya na sa lahat ng sumpa ng kasalanan.

"Huwag kang papatay."

Ang lahat ng di makatarungang gawain na nagpapaiksi ng buhay; ang espiritu ng pagkagalit at paghihiganti, o ang pagbibigay laya sa ano mang kinahihiligan na humahantong sa mga gawang nakakasakit sa iba, o nagiging sanhi ng pag-iisip na sila'y masaktan (sapagkat

ang "sinomang napopoot sa kanyang kapatid ay mamamatay-tao"); ang makasariling di pagtugon sa mga nangangailangan o naghihirap; ang lahat ng pagbibigay laya sa sarili o sa kailangang pagkakait o labis na paggawa na humahantong sa pagkasira ng kalusugan—ang lahat ng ito ay sa higit na malaki o maliit na bahagi, ay paglabag sa
[364] ikaanim na utos.

"Huwag kang mangangalunya."

Ang batas na ito ay nagbabawal hindi lamang sa mga gawang malaswa, kundi pati sa malaswang isip at pagnanasa, o ano mang gawaing nakapupukaw sa mga iyon. Ang kadalisayan ay ipinag-uutos hindi lamang sa panglabas kundi pati sa mga lihim na layunin at damdamin ng puso. Si Kristo, na nagturo ng malawak ng kahulugan ng kautusan ng Dios, ay nagsabi na maging ang masamang kaisipan o pagtingin ay tunay na kasalanan ng gaya ng ipinagbabawal na gawa.

"Huwag kang magnanakaw."

Kapwa ang hayag at di hayag na mga kasalanan ay kabilang sa ipinagbabawal na ito. Ang ikawalong utos ay nagbabawal sa pangunguha ng tao at pang-aalipin, at mga digmaang panlulupig. Ipinagbabawal noon ang mga pagnanakaw at pangloloob. Ipinag-uutos noon ang masusing pagtatapat sa pinakamaliit na bahagi ng buhay. Ipinagbabawal ang panglalamang sa pangangalakal, at nag-uutos na ba- yaran ang matuwid na pagkakautang o kaupahan. Inihahayag noon na ang ano mang pagtatangkang makalamang dahilan sa kakulangan ng kaalaman, kahinaan, o kasawiang palad ng iba ay itinatala bilang panlilinlang sa mga aklat ng langit.

"Huwag kang magbibintang sa iyong kapwa."

Ang pagsasabi ng di totoo sa ano mang paraan, ang bawat pagtatangka o layuning manlinlang ng ating kapwa, ay kabilang dito. Ang tangkang manlinlang ang bumubuo ng kasinungalingan. Sa pamamagitan ng pagsulyap ng mata, hudyat ng kamay, inihahayag ng katawan, ang kasinungalingan ay maaaring masabi na kasing bisa ng salita. Ang lahat ng sinasadyang kalabisan ng ipinapahayag, bawat hudyat o pagmumungkahing naghahatid ng kasinungalingan o kalabisan, maging ang pagsasabi ng katotohanan sa paraang makapang- liligaw, ay kasinungalingan. Kabilang sa utos na ito ang pagbabawal sa bawat gawang makasisira sa dangal ng kapwa sa pamamagitan ng paghahayag ng di totoo o pagmumungkahi ng

masama, sa pamamagitan ng paninira o pagsasalaysay ng kasinungalingan. Maging ang sinasadyang di pagsasabi ng katotohanan, na sa pamamagitan noon ang iba ang masasaktan, ay isang paglabag sa ikasiyam na utos.

"Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapwa, huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapwa, ni ang kanyang aliping lalaki o babae, ni ang kanyang baka, ni ang kanyang asno, ni anomang [365]
bagay ng iyong kapwa."

Ang ikasampung utos ay humahampas sa pinaka ugat ng lahat ng kasalanan, ipinagbabawal ang pagnanasang makasarili, na pinagmumulan ng masamang gawa. Siya na sa pagsunod sa Dios ay umiiwas maging sa makasalanang pagnanasa sa pag-aari ng iba ay hindi mag- kakasala ng paggawa ng masama sa kanyang kapwa nilalang.

Iyon ang mga banal na batas ng Sampung Utos, sinalita sa kalagitnaan ng mga kulog at apoy, at may kahanga-hangang pagpapakita ng kapangyarihan at pagkahari ng Tagapag-utos. Sinamahan ng Dios ang pagpapahayag ng Kanyang kautusan ng pagpapakitang kapangyarihan at kaluwalhatian, upang hindi makalimutan ng Kanyang bayan ang tagpong iyon, at upang sila'y humanga na may ganap na pagsamba sa May-akda ng kautusan, ang Lumikha ng langit at ng lupa. Kanya ring ipakikita sa lahat ng tao ang kabanalan, kahalagahan, at pagkapermanente ng Kanyang kautusan.

Ang bayan ng Israel ay napuno ng takot. Ang nakasisindak na kapangyarihan ng pagsasalita ng Dios ay nagmukhang higit sa makakayanan ng kanilang puso. Sapagkat samantalang ang dakilang batas ng Dios kung ano ang wasto ay inihahayag sa kanila, kanilang nabatid ng higit sa dati ang masamang likas ng kasalanan, at ang sarili nilang kasalanan sa paningin ng isang Banal na Dios. Sila ay umurong mula sa bundok sa takot at pagkasindak. Ang karamihan ay sumigaw kay Moises, "Magsalita ka sa amin, at aming didinggin: datapuwat huwag magsalita ang Dios sa amin, baka kami ay mamatay." Ang pinuno ay tumugon, "Huwag kayong matakot: sapagkat ang Dios ay naparito upang subulan kayo, at upang ang takot sa Kanya ay sumainyo, upang huwag kayong magkasala." Ang bayan, gano'n pa man, ay nanatili sa malayo nagmamasid na may pagkatakot sa tagpong iyon, samantalang si Moises ay "lumapit sa salimuot na kadiliman na kinaroroonan ng Dios."

Ang isip ng mga tao, na binulag at pinahina ng pagkaalipin at pagsamba sa diyus-diyusan, ay hindi handa upang ganap na maunawaan ang malawak na prinsipyo ng sampung utos ng Dios. Upang ang ipinagagagawa ng Sampung Utos ay lubos pang maunawaan at maisakatuparan, ay may ibinigay na karagdagang mga batas, inilalarawan at isinasakatuparan ang mga prinsipyo ng Sampung Utos.
[366] Ang mga utos na ito ay tinawag na kahatulan, kapwa sapagkat iyon ay inihanda sa walang hanggang karanungan at pagkamakatarungan at sapagkat ang mga hukom ay hahatol ayon doon. Di tulad ng Sampung Utos, iyon ay kay Moises lamang inihayag, na siyang mag- hahayag noon sa mga tao.

Ang una sa mga batas na ito ay tungkol sa mga alipin. Noong unang mga panahon minsan ang mga kriminal ay ipinagbibili ng mga hukom sa pagkaalipin; minsan ang mga mangungutang ay ipinagbibili ng pinag-uutangan; maging ang pagkapulubi ay nagiging sanhi upang ipagbili ng ilang mga tao ang kanilang mga sarili o kanilang mga anak. Subalit ang isang Hebreo ay hindi maaaring maipagbili bilang isang alipin habang buhay. Ang bilang ng kanyang paglilingkod ay limitado hanggang anim na taon. Sa ikapito siya ay kinakailangang palayain. Ang pagnanakaw ng tao, sinasadyang pagpatay, at paglaban sa mga magulang ay kinakailangang parusahan ng kamatayan. Ang pagkakaroon ng mga aliping hindi kalahi ng mga Israelita ay ipinapahintulot, subalit ang kanilang buhay at pagkatao ay mahigpit na iniingatan. Ang pumatay ng alipin ay pinarurusahan; ang isang pananakit na ginawa ng kanyang panginoon, bagaman hindi lalabis sa pagkawala ng isang ngipin, ay dahilan upang siya ay palayain.

Ang mga Israelita ay naging mga alipin sa lumipas, at ngayon sila ay magkakaroon ng mga alipin sa ilalim nila, kinakailangang maging maingat sila baka magkaroon din sila ng espiritu ng pagkamalupit at mapaghanap na kanilang naranasan sa ilalim ng kanilang mga Ehipciong taga-atang. Ang alaala ng sarili nilang mapait na pagkaalipin ay makatutulong sa kanila upang ilagay ang kanilang mga sarili sa lugar ng alipin, at umaakay sa kanila upang maging mabait at mahabagin, upang pakitunguhan ang iba kung paanong nanaisin nilang sila ay pakitunguhan.

Ang karapatan ng mga balo at mga ulila ay bukod tanging iningatan, at isang nangangalagang pagtingin sa mga nasa kalagayang

walang kakayanan ay ipinag-utos. "Kung iyong dalamhatiin sila sa anomang paraan," sabi ng Panginoon, "at sila'y dumaing sa Akin, ay walang pagsala, na Aking didinggin ang kanilang daing; at ang Aking pag-iinit ay mangaalab, at Aking papatayin kayo ng tabak; at ang inyong mga asawa ay magiging mga balo, at ang inyong mga anak ay mga ulila." Ang mga taga ibang lupa na sumama sa mga Israelita ay kinakailangang maingatan mula sa kamalian o pang-aapi. "Ang taga ibang lupa ay huwag mong pipighatiin sapagkat talastas [367] ninyo ang puso ng taga ibang lupa, yamang kayo'y naging mga taga ibang lupa, sa lupain ng Ehipto."

Ang pagkuha ng labis na pagpapatubo mula sa mga mahihirap ay ipinagbabawal. Ang damit o kumot ng isang mahirap na nakuha bilang isang sangla, ay kinakailangang maisauli sa kanya sa pag-tata- kip-silim. Ang magkasala ng pagnanakaw ay kinakailangang magsauli ng doble. Ang paggalang sa mga hukom at mga pinuno ay ipinag- utos, at ang mga hukom ay binabalaan laban sa pagsira sa kahatulan, pagtulong sa di tamang gawain, o pagtanggap ng suhol. Ang mga paninirang puri ay ipinagbawal, ang paggawa ng kabutihan ay iniutos, maging sa mga magkaaway.

Muli ang bayan ay pinaalalahanan ng banal na utos tungkol sa Sabbath. Nagtakda ng taon-taong kapistahan, na doon ang lahat ng lalaki sa bansa ay kinakailangang magtipon sa harap ng Panginoon, dala sa Kanya ang kanilang mga handog ng pasasalamat at ang mga unang bunga ng kanilang kasaganaan. Ang layunin ng lahat ng mga utos na ito ay sinabi: sila ay nagmula hindi lamang sa pawang di napag-isipang paggamit ng kapangyarihan; ang lahat ay ipinagkaloob sa ikabubuti ng Israel. Sabi ng Panginoon, "kayo'y magpapakabanal na tao sa akin"—karapat-dapat upang kilalanin ng isang banal na Dios.

Ang mga batas na ito ay kinakailangang itala ni Moises, at maingat na pahalagahan bilang pundasyon ng batas ng bansa, at, kasama ng sampung batas na kanilang inilalarawan, bilang kundisyon ng pagsa- sakatuparan ng mga pangako ng Dios sa Israel.

Ngayon ang mensahe mula kay Jehova ay ibinigay sa kanila: "Narito, Aking sinusugo ang isang anghel sa unahan mo, upang ingatan ka sa daan, at upang dalhin ka sa dakong Aking inihanda sa iyo. Mag-ingat kayo sa Kanya, at dinggin ninyo ang Kanyang tinig: Huwag ninyong mungkahiin Siya; sapagkat hindi Niya patatawarin

ang inyong pagsalangsang: sapagkat ang Aking pangalan ay nasa Kanya. Datapwat kung didinggin mong lubos ang Kanyang tinig, at gagawin mo ang lahat ng Aking sinasalita; ay magiging kaaway nga Ako ng iyong mga kaaway, kaalit ng iyong mga kaalit." Sa lahat ng panahon ng mga paglalakbay ng Israel, si Kristo, sa haligi ng ulap at ng apoy, ang kanilang Pinuno. Samantalang may mga simbulong tumutukoy sa isang Tagapagligtas na darating, ay mayroon ding
[368] Tagapagligtas kasalukuyan, na nagbibigay ng mga utos kay Moises para sa bayan, at siyang nasa kanilang harapan bilang tanging daluyan ng pagpapala.

Pagkababa mula sa bundok, "lumapit si Moises at isinaysay sa bayan ang lahat ng mga salita ng Panginoon, at ang lahat ng mga palatuntunan. At ang buong bayan ay sumagot ng paminsan, at nagsabi, Lahat ng mga salita na sinalita ng Panginoon, ay aming gagawin." Ang pangakong ito kasama ng mga salita ng Panginoon na kanilang ipinangakong susundin, ay isinulat ni Moises sa isang aklat.

At sumunod ang pagpapatibay sa tipan. Isang altar ang itinayo sa paanan ng bundok, at sa tabi noon ay nagtayo ng labing dalawang haligi, "ayon sa labing dalawang lipi ng Israel," bilang tanda ng kanilang pagtanggap sa tipan. At ang mga hain ay inilapit ng mga binatang pinili para sa paglilingkod na iyon.

Nang madilig ang altar ng dugo ng mga hain, kinuha ni Moises "ang aklat ng tipan, at binasa sa pakinig ng bayan." Sa ganoong paraan ang mga kundisyon ng tipan ay inulit sa isang solemneng paraan, at ang lahat ay may kalayaang pumili kung sasang-ayon doon o hindi. Kanilang ipinangako nang una pa lamang na kanilang susundin ang tinig ng Dios; subalit mula noon ay narinig nilang inihayag ang kanilang kautusan; at ang mga prinsipyo noon ay inisa-isa, upang kanilang malaman kung gaano ang kasangkot sa tipanang ito. At muli ang bayan ay tumugon ng may pagkakaisa, "Lahat ng sinalita ng Panginoon ay aming gagawin, at kami ay magmamasunurin." "Nang salitain ni Moises ang bawat utos sa buong bayan ayon sa kautusan, ay kumuha siya ng dugo,...at winisikan ang aklat at gayon din ang buong bayan, na sinasabi, Ito ang dugo ng tipan na iniutos ng Dios tungkol sa inyo." Hebreo 9:19, 20.

Ang mga paghahanda ay isinasagawa na ngayon para sa ganap na pagtatatag ng piniling bayan sa ilalim ni Jehova bilang kanilang

Hari. Tumanggap si Moises ng utos, "Sumampa ka sa kinaroroonan ng Panginoon, ikaw, at si Aaron, si Nadab, at si Abihu, at pitumpung mga matanda sa Israel; at sumamba kayo mula sa malayo: At si Moises lamang ang lalapit sa Panginoon." Samantalang ang bayan ay sumasamba sa paanan noon, ang mga lalaking ito na pinili ay tinawa- gan upang pumanhik sa bundok. Ang pitumpung matatanda ay tutu- long kay Moises sa pamamahala sa Israel, at inilagay ng Dios sa kanila ang Kanyang Espiritu, at pinarangalan sila ng isang pagtanaw sa Kanyang kapangyarihan at kadakilaan. "At kanilang nakita ang sa Kanyang kapangyarihan at kadakilaan. At kanilang [369] nakita ang Dios ng Israel; at mayroon sa ilalim ng Kanyang mga paa na parang isang yaring lapag na batong zafiro, at paris din ng langit sa kaliwa- nagan." Hindi nila nakita ang Dios, subalit nakita nila ang kaluwalhatian ng Kanyang pakikiharap. Bago nangyari ito hindi nila matitiis ang ganitong tanawin; subalit ang naging pagpapahayag ng kapangyarihan ng Dios ay nakapagpamangha sa kanila upang sila'y magsisi; sila'y nakapagmuni-muni sa Kanyang kaluwalhatian, kadalisayan, at kaawaan, hanggang sa sila'y makakalapit na sa Kanya na naging pak- sa ng kanilang mga pagmumuni-muni.

Si Moises at "si Josue na kanyang tagapangasiwa" ngayon ay inu- tusan upang makipagtagpo sa Dios. At para sa panahong sila'y wala ay hinirang na lider si Aaron at si Hur, katulong ang ibang matanda, upang pumalit sa kanyang lugar. "At sumampa si Moises sa bundok at tinakpan ng ulap ang bundok. At ang kaluwalhatian ng Panginoon ay nanahan sa ibabaw ng bundok ng Sinai." Sa loob ng anim na araw ay tinakpan ng ulap ang bundok bilang tanda ng natatanging presensya ng Dios; gano'n pa man ay walang pagpapahayag ng Kanyang sarili at pagpapahayag ng Kanyang kalooban. Sa loob ng panahong ito si Moises ay naghintay upang anyayahan sa harapan ng Kataas-taasan sa Lahat. Siya ay inutusang, "Sambahin mo Ako sa bundok, at dumoon ka," at bagaman ang kanyang pagtitiis at pagkamasunurin ay sinubok, ay hindi siya napagod ng paghihintay, ni hindi iniwan ang kanyang kinaroroonan. Ang mga sandaling ito ng paghihintay para sa kanya ay isang panahon ng paghahanda, ng mahigpit na pagsusuri sa sarili. Maging ang kinalulugurang lingkod na ito ng Dios ay hindi kaagad makakalapit sa Kanyang harapan at makatatagal sa pagpapahayag ng Kanyang kaluwalhatian. Anim na araw ang kinailangang magamit upang

maitalaga ang kanyang sarili sa Dios sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanyang puso, pagmumuni-muni, at pananalangin bago siya mahanda sa isang pakikipag-ugnayan sa kanyang Manlalalang.

Nang ikapitong araw, na siyang Sabbath, si Moises ay tinawagan sa loob ng ulap. Ang makapal na ulap ay bumukas sa paningin ng buong Israel, at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay lumabas na gaya ng isang nanunupok na apoy. "At pumasok si Moises sa gitna ng ulap, at sumampa sa bundok: at si Moises ay natira sa bundok ng apat na pung araw at apat na pung gabi." Hindi kabilang sa apat
[370] na pung araw at gabing pananatili sa bundok ang anim na araw ng paghahanda. Sa loob ng anim na araw si Josue ay kasama ni Moises, at magkasama silang kumain ng mana at uminom mula sa "sapang nanggaling sa bundok." Subalit si Josue ay hindi pumasok na kasama ni Moises sa loob ng ulap, at nagpatuloy siyang kumain at uminom samantalang naghihintay kay Moises, samantalang si Moises naman ay nag-ayuno sa loob ng apat na pung araw.

Samantalang si Moises ay nasa bundok, si Moises ay tumanggap ng utos tungkol sa paggawa ng isang santuwaryo kung saan ang pakikiharap ng Dios ay bukod tanging mahahayag. "At kanilang igawa Ako ng isang santuwaryo; upang Ako'y makatahan sa gitna nila" (Exodo 25:8), ang utos ng Dios. Sa ikatlong pagkakataon ang Sabbath ay ipinag-utos. "Ito'y isang tanda sa Akin at sa mga anak ni Israel magpakailan man," pahayag ng Panginoon, "upang inyong makilala na Ako ang Panginoon na nagpapabanal sa inyo. Inyong ipangingilin ang Sabbath nga; sapagkat yao'y pangilin sa inyo...sinomang gumawa ng anomang gawa sa araw na yaon, ay ihihiwalay ang taong yaon sa kanyang bayan." Exodo 31:17, 13, 14. Kabibigay pa lamang ng utos para sa mabilis na pagtatayo ng taber- nakulo sa paglilingkod sa Dios; at ngayon ay maaaring isipin ng mga tao, na sapagkat ang layunin ay ang kaluwalhatian ng Dios, at sapagkat kailangang-kailangan nila ng bahay sambahan, na sila ay pawa- walang sala sa paggawa kung Sabbath. Upang maingatan sila sa pag- kakamaling ito, ang babala ay ibinigay. Maging ang kabanalan at pangangailangan ng ganoong natatanging gawain para sa Dios ay hindi kinakailangan umakay sa kanila upang labagin ang Kanyang banal na araw ng kapahingahan.

Mula ngayon ang bayan ay pararangalan ng nananatiling pakikiharap ng kanilang hari. "Ako'y tatahan sa gitna ng mga anak ni

Israel, at Ako'y magiging kanilang Dios," "at ang tolda ay pakakabanalin sa pamamagitan ng Aking kaluwalhatian" (Exodo 29:45, 43), ang katiyakang ibinigay kay Moises. Bilang tanda ng kapangyarihan at pagpapahayag ng Kanyang kalooban, ay may ibinigay kay Moises na isang kopya ng sampung utos na isinulat ng daliri ng Dios sa dalawang tapyas na bato (Deuteronomio 9:10; Exodo 32:15, 16), upang may kabanalang mailagay sa santuwaryo, na, kung magagawa, ay magiging hayag na sentro ng pagsamba ng bansa.

Mula sa isang lahi ng mga alipin ang mga Israelita ay itinaas sa lahat ng mga bansa upang maging isang tanging kayamanan ng Hari ng mga hari. Sila ay inihiwalay ng Dios mula sa sanlibu- [371]
tan, upang Kanyang maipagkatiwala sa kanila ang isang banal na gawain. Ginawa Niya silang katiwala ng Kanyang kautusan, at layunin Niyang, sa pamamagitan nila, ay maingatan sa kalagitnaan ng mga tao ang kaalaman tungkol sa Kanya. Kaya't ang liwanag ng langit ay magliliwanag sa isang sanlibutang nababalot ng kadiliman, at isang tinig ang mari- rinig na nakikiusap sa lahat ng mga bansa upang tumalikod mula sa kanilang pagsamba sa diyus-diyusan upang maglingkod sa buhay na Dios. Kung ang mga Israelita ay magiging tapat sa kanilang tungkulin, sila'y magiging isang kapangyarihan sa sanlibutan. Ang Dios ang kanilang magiging tanggulan, at Kanyang itataas sila sa lahat ng mga bansa. Ang Kanyang liwanag at katotohanan ay mahahayag sa pamamagitan nila, at sila'y titindig sa ilalim ng Kanyang marunong at banal na paghahari bilang halimbawa ng kahigitan ng pagsamba sa Kanya laban sa lahat ng uri ng pagsamba sa diyus-diyusan. [372]

## Kabanata 28—Ang Pagsamba sa diyus-diyusan sa Sinai

Ang kabanatang ito ay batay sa Exodo 32 hanggang 34.

Samantalang si Moises ay wala yaon ang panahon ng paghihintay at pananabik ng Israel. Alam ng bayan na siya ay pumanhik sa bundok kasama ni Josue, at pumasok sa makapal na ulap na nakikita sa kapatagan sa ibaba, na nasa tuktok ng bundok, at panakanakang liniliwanagan ng mga kidlat mula sa presensya ng Dios. Naghintay sila ng may kasabikan sa kanyang pagbabalik. Ayon sa kanilang nakasanayan sa Ehipto sa pagkakaroon ng mga materyal na kumakatawan sa Dios, naging mahirap para sa kanila ang magtiwala sa isang hindi nakikita, at nangyaring sila ay nagtiwala kay Moises bilang siyang makapagpapanatili sa kanilang pananampalataya. Ngayon siya ay kinuha mula sa kanila. Ang mga araw, at mga linggo ay lumipas, at hindi pa rin siya nagbabalik. Bagaman ang ulap ay kanila pa ring nakikita, para sa marami ay tila iniwan na sila ng kanilang lider, o siya ay pinatay na ng makakapinsalang apoy.

Sa panahong ito ng paghihintay, ay may panahon upang sila'y magmuni-muni tungkol sa kautusan ng Dios na kanilang narinig, at upang ihanda ang kanilang mga puso upang tumanggap ng karagdagan pang pahayag na maaaring ibigay Niya sa kanila. Wala na silang maraming panahon na para sa gawaing ito; at kung sila sana ay gano'ng naghanap ng mas malinaw na pagkaunawa ng mga utos ng Dios, at nagpakumbaba ng kanilang mga puso sa harap Niya, sila sana ay nakakubli mula sa tukso. Subalit hindi nila ito ginawa, at sila'y madaling nagwalang bahala, di nakikinig, at walang kinikilalang batas. Lalo na yaong karamihang sumasama. Sila'y mainipin sa kanilang pagtungo sa lupang pangako—ang lupaing binubukalan ng gatas at pulot. Sa kundisyon lamang ng pagiging masunurin ipina- ngako sa kanila ang mabuting lupain, subalit nakalimutan nila ito. May ilang nagmungkahi ng pagbalik sa Ehipto, subalit tumuloy

man sa Canaan o bumalik sa Ehipto, ang karamihan sa mga tao ay nag- pasya nang hindi na maghihintay pa kay Moises.

Sa pagkadama ng kawalan ng kakayanan sa pagkawala ng kanilang lider, sila ay nagbalik sa matanda nilang mga sabi-sabi. Ang [373] sama- samang karamihan ang nangunguna sa pagbubulong-bulungan at pagkainip, at sila ang mga nanguna sa pagtalikod na sumunod. Kabilang sa mga bagay na itinuturing ng mga Ehipcio bilang simbolo ng Dios ay ang kapong baka o guya; at iyon ay batay sa mungkahi noong mga nagsasagawa ng ganitong uri ng pagsamba sa diyus- diyusan sa Ehipto na ang isang baka ay ginawa ngayon upang sam- bahin. Nais ng mga tao ang isang larawang kakatawan sa Dios, at upang mapasa harap nila sa lugar ni Moises. Ang Dios ay hindi nagbigay ng ano mang paglalarawan tungkol sa Kanya, at ipinagba- wal niya ang paggamit ng ano mang bagay para sa layuning iyon. Ang makapangyarihang mga himala sa Ehipto at sa Dagat na Pula ay iginayak upang patatagin ang pananampalataya sa Kanya bilang Dios na hindi nakikita, makapangyarihan sa lahat na tumutulong sa Israel, ang natatanging Dios na totoo. At ang pagnanais sa nakikitang pagpapahayag ng Kanyang presensya ay tinugon sa pamamagitan ng haliging ulap at ng apoy na pumatnubay sa kanila, at sa pagpapahayag ng kanyang kaluwalhatian sa bundok ng Sinai. Subalit samantalang ang ulap ng presensya ng Dios ay nasa harap pa nila, ay itina- likod nila ang kanilang mga puso tungo sa pagsamba sa diyus-diyusan ng Ehipto, at kinatawanan ang kaluwalhatian ng di nakikitang Dios tulad sa isang kinapong baka.

Sa pagkawala ni Moises, ang pamamahala, upang humatol ay ipinagkatiwala kay Aaron, at isang karamihan ang natipon sa palibot ng kanyang tolda, na may pautos na kahilingan, "Igawa mo kami ng mga diyos na mangunguna sa amin; sapagkat tungkol sa Moises na ito, na lalaking nagsampa sa amin mula sa lupain ng Ehipto, ay hindi namin maalaman kung ano'ng nangyari sa kanya."(Tingnan ang Apendiks, Nota 4.) Ang ulap, sabi nila, na hanggang dito ay nagpatnubay sa kanila, ngayon ay nanatili na sa bundok; hindi na iyon mangunguna sa kanilang paglalakbay. Kinakailangang magkaroon sila ng larawang inanyuan sa lugar noon; at kung, ayon sa iminungkahi, sila ay magpapasyang babalik sa Ehipto, sila ay magbibigay lugod sa mga Ehipcio sa pamamagitan ng pagdadala ng larawang inanyuang ito at pagsasabihing ito ang kanilang diyos.

Ang gano'ng krisis ay nangangailangan ng isang lalaki ng katatagan, kapasyahan, at di pabago-bagong lakas ng loob; isa na nanghahawak sa karangalan ng Dios ng higit sa kagustuhan ng nakararami,
[374] pangsariling kaligtasan, o maging sa buhay mismo. Subalit ang kasalukuyang lider ng Israel ay hindi ganito. Naging mahina ang pagreklamo ni Aaron sa bayan, subalit ang kanyang pagiging pabago-bago at pagkamahiyain sa ganoong kalagayan ang lalo lamang naging sanhi upang magmatigas. Ang kagulo ay lumala. Isang bulag, at di makatuwirang silakbo ng damdamin ang tila kumikilos sa karamihan. Mayroong ilan na nanatiling tapat sa kanilang pakikipagtipan sa Dios, subalit ang malaking bahagi ng bayan ay sumama sa pagta- likod. Ang ilan sa nangahas magsalita laban sa paggawa ng larawang inanyuan bilang pagsamba sa diyus-diyusan, ay itinampok at sinak- tan, at sa kalituhan at pagkakagulo ay nangamatay.

Si Aaron ay nangamba para sa sarili niyang kaligtasan; at sa halip na marangal na manindigan sa ikararangal ng Dios, siya ay sumang- ayon sa hinihiling ng karamihan. Ang una niyang ginawa ay ipinaku- ha ang mga gintong hikaw mula sa buong bayan upang madala sa kanya, umaasang ang pagmamataas ay maaaring maging sanhi upang sila ay magkaloob ng ganoon. Subalit malugod nilang ipinagkaloob ang kanilang mga palamuti; at mula sa mga ito siya ay gumawa ng isang inanyuang baka, kahawig ng mga diyos ng Ehipto. Ipinahayag ng mga tao, "Ang mga ito ang maging iyong mga diyos, Oh Israel, na nagsampa sa iyo mula sa lupain ng Ehipto." At napakasama na ipinahintulot ni Aaron ang pag-insultong ito kay Jehova. Dinagda- gan pa niya iyon. Nang makitang may kasiyahang tinanggap ang diyos na ginto, siya ay gumawa ng isang altar sa harap noon, at nagpahayag, "Bukas ay pista sa Panginoon." Ang pahayag ay ikinalat sa pamamagitan ng pagpapatunog sa mga pakakak sa buong kampamento. "At sila'y bumangong maaga nang kinabukasan, at naghandog ng mga handog na susunugin, at nagdala ng mga handog tungkol sa kapayapaan; at ang bayan ay umupong kumain at uminom, at tu- mindig upang magkatuwa." Sa gayak ng pagsasayaw ng isang "pista sa Panginoon," ay pinahintulutan nila ang kanilang mga sarili na kumain ng labis at magkaroon ng katuwaang walang kontrol.

Malimit, sa ating kapanahunan, ang pag-ibig sa layaw ay dinadamitan ng isang "anyo ng kabanalan"! Ang relihiyon na nagpapahintulot sa mga lalaki, na samantalang nagsasagawa ng seremonya ng pagsamba, ay naiiupo ang kanilang mga sarili sa makasarili at pang- katawang pagpapasasa ay nagugustuhan ng nakararami ngayon gaya rin noong mga panahon ng Israel. At mayroon pa rin ngayong mga sunod-sunurang Aaron, na, samantalang humahawak [375] ng tungkulin sa iglesia, ay sumasang-ayon sa mga kagustuhan ng walang pagtatala- ga, at sa pamamagitan noon ay pinasisigla sila sa pagkakasala.

Ilang araw pa lamang ang nakalilipas nang ang mga Hebreo ay nagkaroon ng isang solemneng pakikipagtipan sa Dios na sila ay susunod sa Kanyang tinig. Tumayo silang nanginginig sa takot sa harap ng bundok, nakikinig sa tinig ng Panginoon. "Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa harap Ko." Ang kaluwalhatian ng Dios ay umaali-aligid pa rin sa itaas ng Sinai na nakikita ng kongregasyon; subalit sila'y tumalikod, at humingi ng ibang mga diyos. "Sila'y nagsigawa ng guya sa Horeb, at nagsisamba sa larawang binubo. Ganito nila pinapagbago ang kanilang kaluwalhatian sa wangis ng baka." Awit 106:19, 20 Wala nang hihigit pang kawalan ng utang na loob ang maipakikita, o higit pang mapangahas na pang-iinsulto ang maipagkakaloob, sa Kanya na nagpahayag ng Kanyang sarili sa kanila bilang isang mabait na Ama at isang Haring makapangyarihan sa lahat!

Si Moises sa bundok ay binabalaan tungkol sa pagtalikod sa kampo at inutusang bumalik ng walang pag-aatubili. "Yumaon ka, bumaba ka," ang sabi ng Dios; "ang iyong bayan, na iyong isinampa mula sa lupain ng Ehipto ay nagsisama: sila'y humiwalay na madali sa daan na Aking iniutos sa kanila: sila'y gumawa ng isang guyang binubo, at kanilang sinamba." Maaari sanang sinita ng Dios ang pangyayaring iyon sa simula pa lamang; subalit tiniis Niyang iyon ay makarating sa hangganang ito upang makapagturo Siya ng isang liksyon sa Kanyang pagpaparusa sa kataksilan at pagtalikod.

Ang tipan ng Dios sa Kanyang bayan ay pinawalan ng saysay, at Kanyang sinabi kay Moises, "Bayaan mo nga Ako upang ang Aking pag-iinit ay mag-alab laban sa kanila, at upang Aking lipulin sila: at ikaw ay Aking gagawing dakilang bansa" Ang mga Israelita, lalonglalo na yaong sama-samang karamihan, ay palaging mabubuyo

sa paghihimagsik laban sa Dios. Sila rin ay magsasalita laban sa kanilang lider, at pahihirapan sila sa pamamagitan ng kanilang di panini- wala at katigasan ng ulo, at iyon ay magiging isang mahirap at naka- kasubok ng kaluluwang gawain na sila'y pangunahan tungo sa Lupang Pangako. Ang kanilang mga kasalanan ay nagpawalang saysay na sa kaluguran ng Dios, at ang katarungan ay tumatawag sa kanilang pagkalipol. Kung kaya't ang Panginoo'y nagmungkahing
[376] sila'y lili- pulin, at si Moises ang gawing isang dakilang bansa.

"Bayaan mo Ako,...upang Aking lipulin sila," ang sabi ng Panginoon. Kung ang Dios ay may panukalang lipulin ang Israel, sino ang maaaring makipag-usap para sa kanila? Ilan lamang ang hindi magpapabaya sa makasalanang kanilang kahahantungan! Ilan lamang ang malugod na hindi ipagpapalit ang kahirapang pasanin at sakripisyong binayaran ng kawalan ng utang na loob at reklamo, para sa isang posisyong marangal at hindi mahirap, kapag ang Dios ang nag-aalok ng gano'n.

Subalit si Moises ay nakakita ng mapagbabatayan ng pag-asa kung saan iyon ay pawang galit at kawalan ng pag-asa. Ang mga salita ng Dios na, "Bayaan mo Ako," ay naunawaan niyang hindi nagbabawal kundi nag-aanyaya ng pamamagitan, nangangahulugang walang iba kundi ang mga dalangin ni Moises ang makapagliligtas sa Israel, subalit kung idadalangin ng ganoon, ay ililigtas ng Dios ang Kanyang bayan. "At dumalangin si Moises sa Panginoon niyang Dios, at sinabi, Panginoon, bakit ang Iyong pag-iinit ay pinapag- aalab Mo laban sa Iyong bayan, na Iyong inilabas sa lupain ng Ehipto sa pama-magitan ng dakilang kapangyarihan at ng makapangyarihang kamay?"

Ang Dios ay nagpahiwatig ng Kanyang pagtakwil sa Kanyang bayan. Ang sinabi Niya kay Moises tungkol sa kanila ay "iyong bayan, na iyong isinampa mula sa lupain ng Ehipto." Subalit may pagpapa- kumbabang itinanggi ni Moises ang pangunguna sa Israel. Sila'y hindi kanya, kundi sa Dios—"Iyong bayan, na Iyong inilabas...sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan at ng makapangyarihang kamay." Bakit, kanyang ipinilit, "sasalitain ng mga Ehipcio, na sasabihin, Dahil sa kasamaan, inilabas sila upang patayin sa mga bundok, at upang lipulin sila sa balat ng lupa?"

Sa loob ng ilang mga buwan mula ng iwan ng Israel ang Ehipto, ang ulat tungkol sa kanilang kahanga-hangang pagkaligtas ay ku-

malat sa lahat ng mga bansa sa palibot. Takot at kilabot na pag-aagam-agam ang napasa mga hindi sumasamba sa Dios. Ang lahat ay nagmamasid upang makita kung ano ang gagawin ng Dios ng Israel sa Kanyang bayan. Kung sila ngayon ay lilipulin, ang kanilang mga kaaway ang magtatagumpay, at ang Dios ay hindi mapararangalan. Magiging totoo ang ibinibintang ng mga Ehipcio—na sa halip na sa akayin ang Kanyang bayan sa ilang upang maghain, ay ginawa Israel; ang pagkalipol ng bayan na hayagan [377]
Niyang pinarangalan ay maghahatid ng paninisi sa Kanyang pangalan. Anong laking respon- sibilidad ang nakasalalay doon sa lubos na pinarangalan ng Dios, upang gawing kapuri-puri ang Kanyang pangalan sa lupa! Anong laking pag-iingat ang kailangan nila laban sa paggawa ng kasalanan, upang mag-anyaya ng Kanyang hatol at maging sanhi ng paninisi sa Kanyang pangalan ng mga hindi maka-Dios!

Samantalang si Moises ay namamagitan para sa Israel, ang kanyang pagiging mahiyain ay nawala sa kalaliman ng kanyang pagpapa- halaga at pagmamahal sa kanila na siya, sa mga kamay ng Dios, ang naging kasangkapan ng gano'n na lamang. Ang Panginoon ay nakinig sa kanyang mga pakiusap, at tinugon ang kanyang di makasari- ling pananalangin. Nasubok ng Dios ang Kanyang lingkod; Kanyang nasubok ang kanyang katapatan at pagmamahal sa mga nagkasala, at walang utang na loob na bayan, at marangal na natiis ni Moises ang pagsubok. Ang kanyang pagpapahalaga para sa Israel ay di dahil sa isang makasariling layunin. Ang paglago ng bayan ng Dios ay mas mahalaga para sa kanya kaysa sa sariling karangalan, mas mahalaga kaysa sa karapatan ng pagiging ama ng isang makapangyarihang bansa. Ang Dios ay nalugod sa kanyang katapatan, kapayakan ng puso, at kalinisan ng kanyang budhi, at Kanyang ipinagkatiwala sa kanya, bilang isang tapat na pastor, ang dakilang utos na pangunahan ang Israel tungo sa Lupang Pangako.

Samantalang si Moises at si Josue ay bumababa mula sa bundok, ang una'y dala ang mga "tapyas ng patotoo," narinig nila ang mga sigaw at mga palahaw ng magulong karamihan, na tunay na nasa isang kalagayan ng di pinong paniniklab. Para kay Josue na isang kawal, ang una niyang naisip ay isang pagsalakay mula sa kanilang mga kaaway. "May ingay ng pagbabaka sa kampamento," wika niya. Subalit higit na tama ang naisip ni Moises tungkol sa kagulo. Ang

ingay ay hindi mula sa isang labanan, kundi sa isang magulong pagsasaya. "Hindi ingay ng pagtatagumpay, o ingay man ng pagkatalo, kundi ingay ng mga umaawit ang aking naririnig."

Samantalang sila'y lumalapit sa kampamento, nakita nila ang mga taong nagsisigawan at nagsasayawan sa palibot ng kanilang diyus- diyusan. Iyon ay isang tanawin ng isang kagulo ng mga hindi ku- mikilala sa Dios, isang paggaya sa mapagsamba sa diyus-diyusan kapistahan sa Ehipto; malaki ang kaibahan sa solemne at
[378] magalang na pagsamba sa Dios! Si Moises ay nabigla. Kagagaling pa lamang niya sa harapan ng kaluwalhatian ng Dios, at bagaman siya ay binalaan tungkol sa nangyayari, ay hindi siya handa sa nakalulungkot na pagpapakita ng pagkasira ng Israel. Nag-init ang kanyang galit. At upang ipakita ang kanyang pagkamuhi sa kanilang krimen, ay inihagis niya ang mga tapyas na bato, at ang mga iyon ay nangabasag sa harap ng buong bayan, ipinapakita na kung paanong kanilang bina- sag ang kanilang pakikipagtipan sa Dios, gano'n din naman binasag ng Dios ang Kanyang tipan sa kanila.

Sa pagpasok sa kampamento, si Moises ay dumaan sa mga karamihang nagkakagulo, at nang makuha ang diyus-diyusan, iyon ay inihagis sa apoy. At kanya iyong dinikdik, at nang maisabog iyon sa batis na dumadaloy mula sa bundok, ay ipinainom niya iyon sa bayan. Sa gano'ng paraan ay ipinakita ang kawalang kabuluhan ng diyos na kanilang sinasamba.

Tinanong ng dakilang lider ang kanyang nagkasalang kapatid at galit na sinabi, "Anong ginawa ng bayang ito sa iyo, na dinalhan mo sila ng isang malaking sala?" Sinikap ni Aaron na pagtakpan ang kanyang sarili sa pagsasaysay ng kahilingan ng bayan; na kung siya'y hindi sasang-ayon sa kanilang kagustuhan, siya sana ay kanilang pi- natay. "Huwag mag-init ang aking panginoon," wika niya; "Iyong kilala ang bayan, na sila'y mahilig sa kasamaan. Sapagkat kanilang sinabi sa akin, Igawa mo kami ng mga diyos na mangunguna sa amin sapagkat si Moises na naglabas sa amin mula sa lupain ng Ehipto ay hindi namin maalaman kung anong nangyari sa kanya. At aking sinabi sa kanila, Sinomang may ginto, ay mag-alis; na anopa't kanilang ibinigay sa akin: at aking inihagis sa apoy at lumabas ang guyang ito." Paniniwalain niya si Moises na isang himala ang nangyari—na ang ginto ay inihagis sa apoy, at sa pamamagitan ng higit sa pangkaraniwang kapangyarihan ay naging isang guya.

Subalit ang kanyang mga pagdadahilan at mga pahayag ay walang saysay. Siya ay maka- tarungang pinakitunguhan bilang pangunahin sa paggawa ng kasalanan.

Ang katotohanan na si Aaron ay pinagpala at pinarangalan ng
higit sa bayan ang nagpalala sa kanyang kasalanan. Si Aaron “na
banal ng Panginoon” (Awit 106:16), ang gumawa ng diyus-diyusan
at nagpa- hayag ng kapistahan. Siya ang itinalaga upang maging
tagapagsalita ni Moises, at tungkol sa kanya ang Dios mismo ay
nagpatotoo, “Nala- laman kong siya’y makapagsasalitang mabuti” [379]
(Exodo 4:14), ang nag- kulang sa pagbabawal sa mapagsamba sa [380]
diyus-diyusan sa kanilang mapangahas na gawang laban sa kalangi-
tan. Siya na ginamit ng Dios sa pagdadala ng hatol kapwa sa mga [381]
Ehipcio at sa kanilang mga diyus-diyusan, ay kumilos ng marinig ang pahayag sa harap ng inan- yuang larawan, “Ang mga ito ang maging iyong mga diyos, Oh Israel, na nagsampa sa iyo mula sa lupain ng Ehipto.” Siya na na- kasama ni Moises sa bundok, at doon ay nakita ng kaluwalhatian ng Panginoon, na nakita sa pagpapahayag ng kaluwalhatiang yaon na walang ano mang anyo noon ang maaaring magawa—siya ang nag- palit sa kaluwalhatiang iyon upang maging tulad sa isang guya. Siya na pinagkatiwalaan ng Dios ng pamamahala sa bayan samantalang si Moises ay wala, ang nasumpungang sumasang-ayon sa kanilang pang- hihimagsik. “At ang Panginoo’y totoong nagalit kay Aaron na siya sana’y papatayin.” Deuteronomio 9:20. Subalit bilang tugon sa taim- tim na dalangin ni Moises, ang kanyang buhay ay iniligtas; at sa kanyang pagsisisi at pagpapakumbaba sa kanyang malaking kasalanan, siya ay naibalik sa pagiging kalugod-lugod sa Dios.

Kung si Aaron sana ay nagkaroon ng lakas ng loob upang manindi- gan para sa wasto, anuman ang mangyari, maaaring napigilan niya ang pagtalikod. Kung siya ay naging hindi pahapay-hapay sa sarili niyang pagtatapat sa Dios, kung kanyang binanggit sa bayan ang mga panganib ng Sinai, at ipinaalaala sa kanila ang kanilang so- lemneng pakikipagtipan sa Dios na sila’y susunod sa Kanyang kautusan, ang kasamaan sana ay napigilan. Subalit ang kanyang pagsang- ayon sa kahilingan ng bayan at ang tahimik na paniniyak sa pagtuloy niya upang isakatuparan ang kanilang mga panukala, ang nagpata- pang sa kanila upang dumako pa sa higit pang malaking kasalanan na dati’y wala naman sa kanilang mga isipan.

Nang si Moises, sa pagbalik niya sa kampo, ay humarap sa mga manghihimagsik, ang mabigat niyang panunumbat at ang galit na kanyang ipinakita sa pagkakabasag ng banal na mga tapyas ng kautusan ay kabaliktaran para sa mga tao sa kanyang kapatid na may magandang pagsasalita at matipunong tindig, at ang kanilang simpatiya ay napa kay Aaron. Upang gawing matuwid ang kanyang sarili, sinikap ni Aaron gawing responsable ang bayan sa kanyang kahinaan sa pagsang-ayon sa kanilang kahilingan; subalit sa kabila nito, sila ay humanga sa kanyang kahinahunan at pagiging mapag-
[382] pahinuhod. Su- balit nakikita ng Dios ang hindi nakikita ng tao. Ang mapagsang- ayong espiritu ni Aaron at ang kanyang pagnanasang magbigay lu- god ay bumulag sa kanya upang di niya makita ang kalalaan ng krimen na kanyang pinahintulutan. Ang ginawa niya sa pagbibigay ng impluwensya tungo sa pagkakasala ay naging sanhi ng pagkamatay ng libu-libo. Anong laking kaibahan naman sa ginawa ni Moises, na, samantalang tapat na isinasakatuparan ang mga kahatulan ng Dios, ay nagpakitang ang kapakanan ng Israel ay higit na mahalaga sa kanya kaysa sa kayamanan o karangalan sa buhay.

Sa lahat ng mga kasalanang parurusahan ng Dios, walang higit na malala sa kanyang paningin kaysa doon sa umaakit sa iba upang gumawa ng masama. Nais ng Dios na patunayan ng kanyang mga lingkod ang kanilang katapatan sa pamamagitan ng tapat na pagsaway sa kasalanan, gaano man kasakit ang gagawing iyon. Yaong mga pinararangalan ng utos ng Dios ay hindi dapat maging mahina, at pabago-bagong naglilingkod sa panahon. Hindi marapat na maging layunin nila ang pagpapataas sa sarili, o ang tumanggi sa mahihirap na gawain, kundi ang magawa ang gawain ng Dios ng may di humahapay na pagtatapat.

Bagaman tinugon ng Dios ang dalangin ni Moises na huwag patayin ang mga Israelita, ang kanilang pagtalikod ay kinakailangang mapa- rusahan. Ang kanilang di pagkilala sa kautusan at pagiging masu- wayin na doon sila ay pinahintulutan ni Aaron na mahulog, kung hindi agad pupuksain, ay magiging di napipigil na kasamaan, at maaaring masangkot ang buong bayan sa di na maisasauling pagkawasak. Sa pamamagitan ng matinding kabagsikan ang masama ay kinakailangang maalis. Samantalang nakatayo sa pintuang daan ng kampo, si Moises ay nanawagan sa bayan, "Sinomang sa Panginoon ang kiling ay lumapit sa akin." Ang mga hindi sumama

sa pagtalikod ay kinakailangang tumayo sa kanang panig ni Moises; yaong mga gumawa ng kasalanan subalit nagsisisi, sa kaliwa. Ang utos ay sinunod. Nasumpungan na ang tribo ni Levi ay hindi nakibahagi sa pagsamba sa diyus-diyusan. Mula sa ibang mga tribo ay may malaking bilang na, bagaman sila ay nagkasala, ngayon ay nagpapahayag ng kanilang pagsisisi. Subalit isang malaking pulutong, karamihan ay mula sa sama-samang karamihan na nagmungkahi ng paggawa ng baka, ay nagmatigas sa kanilang panghihimagsik. Sa ngalan ng "Panginoon, ng Dios ng Israel," inutusan ngayon ni Moises yaong nasa kanyang kanang panig, na inihiwalay ang kanilang [383] mga sarili sa pagsamba sa diyus-diyusan, upang dalhin ang kanilang mga tabak at patayin yaong mga nananatili sa panghihimagsik. "At nabuwal sa bayan ng araw na yaon, ang may tatlong libong katao." Hindi pinansin ang posisyon, lahi, o kaibigan, yaong mga nanguna sa paggawa ng kasamaan ay pinatay subalit lahat ng nagsipagsisi at nagpakumbaba ay iniligtas.

Yaong mga nagsigawa ng kahatulang ito ay kumikilos ayon sa utos ng Dios, isinasakatuparan ang hatol ng Hari ng kalangitan. Ang tao ay kinakailangang maging maingat, sa kanilang kabulagan sa pag- katao, ay humahatol at kumukundena sa kanilang kapwa tao; subalit kung sila ay utusan ng Dios upang isakatuparan ang Kanyang hatol sa kasamaan, Siya ay kinakailangang masunod. Yaong mga nag- sakatuparan ng masakit na gawaing ito, ay nagpapahayag ng kanilang pagkamuhi sa panghihimagsik at pagsamba sa diyus-diyusan, at lubos na itinatalaga ang kanilang mga sarili sa paglilingkod sa tunay na Dios. Pinarangalan ng Panginoon ang kanilang katapatan sa pamamagitan ng natatanging pagkilala sa tribo ni Levi.

Ang mga Israelita ay nagkasala ng kataksilan, at laban sa isang Hari na naging mapagkaloob sa kanila ng maraming mga kaloob at may kapangyarihang bukal sa loob na kanilang pinangakuang susundin. Upang ang pamahalaan ng Dios ay mapanatili ang kahatulan ay kinakailangang maipataw sa mga taksil. Gano'n pa man maging dito ang kaawaan ng Dios ay nahahayag. Samantalang pinananatili Niya ang Kanyang kautusan, nagbigay Siya ng karapatan upang pumili at pagkakataon upang makapagsisi ang lahat. Ang pinatay lamang ay yaong mga nagmatigas sa panghihimagsik.

Kinakailangang ang kasalanang ito ay maparusahan, bilang patotoo sa mga kalapit na mga bansa na ang Dios ay galit sa pagsamba sa

mga diyus-diyusan. Sa pamamagitan ng pagpaparusa sa nagkasala, si Moises, bilang kasangkapan ng Dios, ay mag-iiwan sa kasaysayan ng isang solemne at pangmadlang pagtutol laban sa kanilang krimen. Samantalang mula ngayon ay kinakailangang sumbatan ng mga Israelita ang pagsamba sa diyus-diyusan ng mga tribong kalapit nila, sila ay susumbatan ng kanilang mga kaaway na ang bayang kumikila- la kay Jehova bilang kanilang Dios ay gumawa ng baka at sinamba iyon sa Horeb. At bagaman mapilitang tanggapin ang nakahihiyang katotohanan, ay maituturo ng Israel ang kakila-kilabot na nangyari sa mga nagkasala, bilang katunayan na ang kanilang
[384] kasalanan ay ipinahintulot o pinatawad.

Hinihiling ng pag-ibig gano'n din ng katarungan na ang kasalanang ito ay dapat parusahan. Ang Dios ang tagapag-ingat at makapangyarihan sa Kanyang bayan. Pinapatay Niya yaong mga nagmamati- gas sa paglaban, upang di nila maakay ang iba sa kapahamakan. Sa pagpapahintulot na si Cain ay mabuhay, ay ipinakita ng Dios sa buong sansinukob kung ano ang ibinubunga ng pagpapahintulot na ang kasalanan ay di napaparusahan. Ang naging impluwensya sa kanyang angkan ng kanyang buhay at mga itinuro ay naghatid sa isang kalagayan ng kasamaan na nangangailangang ang buong sanlibutan ay magunaw sa pamamagitan ng isang baha. Ang kasaysayan ng mga tao bago bumaha ay nagpapatotoo na ang mahabang buhay ay di isang pagpapala sa makasalanan; ang dakilang kahinahunan ng Dios ay di nakapigil sa kanilang kasamaan. Kung kailan humaba ang buhay ng tao, bagkus naging higit na masama.

Gano'n din naman ang pagtalikod sa Sinai. Kung hindi kaagad parurusahan ang kasalanan, gano'n din ang mangyayari. Ang sanlibutan ay magiging kasing sama ng sanlibutan noong panahon ni Noe. Kung ang mga nagkasalang iyon ay hinayaang mabuhay, maraming kasamaan pa ang maaaring sumunod, higit sa naging bunga ng pagpapahintulot kay Cain na mabuhay. Kaawaan iyon ng Dios na ipahintulot na ang libu-libo ay magdusa, upang maiwasan ang pag- paparusa sa angaw-angaw. Upang mailigtas ang marami, kinakailangang parusahan Niya ang kaunti. Higit pa doon, sa pagaalis ng bayan sa kanilang pagtatapat sa Dios, ay nawalan sila ng karapatan upang maingatan ng Dios, at, sa kawalan ng kanilang kublihan, ang buong bayan ay nakalantad sa kapangyarihan ng kanilang mga kaaway. Kung ang kasamaan ay hindi kaagad inalis, sila ay

madali sanang nahulog sa marami at makapangyarihan nilang mga kalaban. Iyon ay kailangan sa ikabubuti ng Israel, at upang magsilbing isang liksyon para sa lahat ng susunod na mga henerasyon, na ang krimen ay kinakailangang maparusahan kaagad. At hindi rin naman kawalan ng habag sa mga nagkasala na maputol ang kanilang kasamaan. Kung sila ay hinayaang mabuhay, ang espiritu ding iyon na umakay sa kanila upang manghimagsik laban sa Dios ang maaaring nahayag sa kanilang galit at pakikipaglabanan sa isa't-isa, at pagdakay magpata- yan sa isa't-isa. Iyon ay dahil sa pag-ibig sa sanlibutan, pag-ibig sa Israel, at maging sa mga nagkasala, na ang kasalanan ay mabilis na pinarusahan na may kahigpitan. [385]

Nang maipakita sa bayan ang katindihan ng kanilang kasalanan, ang takot ay nanahan sa buong kampamento. Ikinatakot na ang bawat nagkasala ay papatayin. Sa awa sa kanilang pag-aalala, si Moises ay nangakong muling makikiusap sa Dios para sa kanila.

"Kayo'y nagkasala ng malaking kasalanan," wika niya, "at ngayo'y sasampahin ko ang Panginoon; marahil ay aking matutubos ang inyong kasalanan." Siya ay pumanhik, at sa kanyang pagpapahayag sa Dios ay kanyang sinabi, "Oh, ang bayang ito'y nagkasala ng malaking kasalanan—; at kung hindi, ay alisin Mo ako, isinasamo ko sa Iyo, sa Iyong aklat na sinulat Mo." Ang tugon ay, "Ang magkasala laban sa Akin ay siya Kong aalisin sa Aking aklat. At ngayo'y yumaon ka, iyong patnubayan ang bayan sa dakong aking sinalita sa iyo: narito, ang Aking anghel ay magpapauna sa iyo: gayon ma'y sa araw na Aking dalawin sila ay Aking dadalawin ang kanilang kasalanang ipinagkasala nila."

Sa dalangin ni Moises ang ating mga isip ay inaakay tungo sa mga talaan sa langit kung saan ang pangalan ng lahat ng tao ay nakasulat, at ang kanilang mga gawa, maging mabuti o masama, ay tapat na isinusulat. Ang aklat ng buhay ay naglalaman ng mga pangalan ng lahat ng pumasok sa paglilingkod sa Dios. Kung ang sino man sa mga ito ay humiwalay sa Kanya, at sa pamamagitan ng pagmamati- gas sa paggawa ng kasalanan ay maging matigas na upang maim- pluwensyahan pa ng Banal na Espiritu, ang kanilang pangalan sa pag-huhukom ay aalisin mula sa aklat ng buhay, at sila ay mauukol sa kamatayan. Batid ni Moises ang kakila-kilabot na kahahantungan ng makasalanan; gano'n pa man kung ang bayang Israel ay itinatakwil ng Panginoon, nais niyang ang kanyang pan-

galan ay mapawi kasama ng pangalan nila; hindi niya matitiis na ang mga hatol ng Dios ay mapapasa kanila na gano'n na lamang ang pagkakaligtas sa biyaya. Ang pamamagitan ni Moises para sa Israel ay naglalarawan ng pamamagitan ni Kristo para sa makasalanang tao. Subalit hindi ipinahin- tulot ng Panginoon kay Moises ang dalahin, gaya ng ginawa ni Kristo, ang kasalanan ng nagkasala. "Ang magkasala laban sa Akin," wika Niya, "ay siya Kong aalisin sa Aking aklat."

Sa malalim na kalungkutan ay inilibing ng bayan ang kanilang mga patay. Tatlong libo ang namatay sa pamamagitan ng tabak; [386] pagdaka'y nagkaroon ng isang salot sa buong kampamento; at ngayon ang pabalita ay dumating sa kanila na ang presensya ng Dios ay hindi na sasakanila sa kanilang mga paglalakbay. Si Jehova ay nagsabi, "hindi Ako sasampa sa gitna mo; sapagkat ikaw ay bayang may matigas na ulo; baka ikaw ay Aking lipulin sa daan." At ang utos ay ibinigay, "Alisin mo ang iyong mga pahiyas sa iyo upang Aking maalaman kung anong gagawin sa iyo." Ngayon ay nagkaroon ng pagtangis sa buong kampamento. Sa pagsisisi at pagpapakumbaba "ang mga anak ni Israel ay naghubad ng kanilang mga pahiyas mula sa bundok ng Horeb."

Sa utos ng Dios ang tolda na nagsilbing pansamantalang dako ng pagsamba ay inilipat sa "malayo sa kampamento." Ito ay dagdag na katibayan na inalis na ng Dios ang Kanyang presensya mula sa kanila. Ipapahayag Niya ang Kanyang sarili kay Moises ngunit hindi sa isang bayang gano'n. Ang sumbat ay lubos na nadama at sa karamihan ang konsensya ay pinalo. Iyon ay tila isang babala ng isang mas matinding kalamidad. Di ba't ibinukod ng Panginoon si Moises mula sa kampamento upang sila ay lubos na mangamatay? Subalit sila ay di iniwan ng walang pag-asa. Ang tolda ay itinayo sa labas ng kampamento, subalit iyon ay tinawag ni Moises na "tabernakulo ng ka- pisanan." Ang lahat ng totoong nagsisisi, at nagnanais manumbalik sa Panginoon, ay inuutusang pumunta doon upang ipagtapat ang kanilang kasalanan at siyasatin ang Kanyang habag. Nang sila ay bumalik sa kanilang mga tolda si Moises ay pumasok sa tabernakulo. Matamang nagmasid ang bayan para sa anomang tanda kung ang kanyang pamamagitan para sa kanila ay tinanggap. Kung ang Dios ay bababa upang makipagtagpo sa kanya, maaari silang umasa na sila ay hindi lubos na mauubos. Nang ang

haliging ulap ay bumaba, at tumindig sa harap ng tabernakulo, ang bayan ay tumangis sa ka- galakan, at sila'y "tumindig at sumamba, na bawat isa'y sa tabi ng pintuan ng kanyang tolda."

Alam ni Moises ang kalikuan at kabulagan noong mga inilagay sa ilalim ng kanyang pangangalaga; alam niya ang mga kahirapan na kailangan niyang paglabanan. Subalit kanyang natutunan na upang manaig sa bayan, siya ay kinakailangang magkaroon ng tulong mula sa Dios. Dumaing siya para sa mas malinaw na pagpapahayag ng kalooban ng Dios at para sa isang kasiguruhan ng Kanyang presensya. "Tingnan mo, Iyong sinasabi sa akin: Isampa mo ang bayang ito: at hindi Mo ipinakilala sa akin kung sino yaong susuguin Mo na kasama ko. Gayon ma'y Iyong sinabi, Aking nakikilala [387]
ka sa pangalan, at ikaw rin naman ay nakasumpong ng biyaya sa Aking paningin. Ngayon nga, isinasamo ko sa Iyo, na kung ako'y nakasumpong ng biyaya sa Iyong paningin, ay ituro Mo sa akin ngayon ang Iyong mga daan, upang Ikaw ay aking makilala, na ano pa't ako'y makasumpong ng biyaya sa Iyong paningin: at tanggapin Mo, na ang bansang ito ay Iyong bayan."

Ang tugon ay, "Ako'y sasa iyo, at ikaw ay aking bibigyan ng kapa- hingahan." Subalit si Moises ay hindi nasiyahan. Naroong dumidiin sa kanyang kaluluwa ang pagkadama ng kakila-kilabot na mangya- yari kung iiwan ng Dios ang Israel sa pagmamatigas at di pagsisisi. Hindi niya matitiis na ang kanyang pagmamalasakit ay kailangang mailayo mula sa kanyang mga kapatid, at siya'y dumalangin na ang kaluguran ng Dios ay maibalik sa Kanyang bayan, at ang tanda ng Kanyang presensya ay makapagpatuloy sa pangunguna sa kanilang mga paglalakbay: "Kung Ikaw ay hindi sasa akin ay huwag Mo na kaming pasampahin mula rito. Sapagkat saan ngayon makikilala na ako'y nakasumpong ng biyaya sa Iyong paningin, ako at ang Iyong bayan? Hindi ba dahil sa Ikaw ay lumalakad na kasama namin, upang kami ay maging bukod, ako at ang Iyong bayan, sa lahat ng bayan na nasa balat ng lupa?"

At ang Panginoon ay nagsabi, "Akin ding gagawin ang bagay na iyong sinalita: sapagkat ikaw ay nakasumpong ng biyaya sa Aking paningin, at ikaw ay Aking nakikilala sa pangalan." Ang propeta ay hindi tumigil sa pagdaing. Ang bawat dalangin ay tinugon na, subalit siya ay may pagkauhaw sa higit pang mga tanda ng kaluguran ng Dios. Siya ngayon ay humiling ng kailanman ay hindi pa hiniling

ng tao: "Ipakita mo sa akin, idinadalangin ko sa iyo, ang iyong kaluwalhatian."

Hindi sinumbatan ng Dios ang kahilingang ito bilang isang kapangahasan; sa halip ay binigkas ang mabiyayang mga salita, "Aking papangyayarihin ang Aking buong kabutihan sa harap mo." Ang di natatabingang kaluwalhatian ng Dios, na di maaaring masdan ninoman at manatiling buhay; subalit si Moises ay sinabihan na kanyang makiki- ta ang kaluwalhatian ng Dios, hanggang sa kanyang makakayanan. Siya ay muling inanyayahan sa tuktok ng bundok; at ang kamay na gumawa sa sanlibutan, ang kamay na "naglilipat ng mga bundok, at hindi nila nalalaman" (Job 9:5), at kumuha sa
[388] linalang na ito mula sa alabok, ang makapangyarihang tao na ito ng pananampalataya, at inilagay siya at ikinubli sa isang panig ng bato, samantalang ang kaluwalhatian ng Dios at ang lahat ng Kanyang kabutihan ay du- madaan sa harap niya.

Ang karanasang ito—higit sa lahat ng pangako na ang presensya ng Dios ay sasa kanya—para kay Moises ay isang kasiguruhan ng pagtatagumpay sa gawaing nasa harap niya; at ibinilang niya iyong higit na mahalaga sa lahat ng kaalaman ng Ehipto o sa lahat ng kanyang naabot bilang isang lingkod ng bayan o bilang isang pinuno ng militar. Walang makalupang kapangyarihan o kakayanan o kaalaman ang maipapalit sa lugar ng patuloy na presensya ng Dios.

Para sa nagkasala isang kakila-kilabot na bagay ang mahulog sa mga kamay ng buhay na Dios; subalit si Moises ay tumayong mag- isa sa harap ng Walang Hanggang Dios, at siya ay hindi natakot; sapagkat ang kanyang kaluluwa ay kaisa ng kalooban ng kanyang Manlalalang. Wika ng mang-aawit, "Kung pinakundanganan ko ang kasamaan sa aking puso, hindi ako didinggin ng Panginoon." Awit 66:18. Subalit "ang pakikipag-ibigan ng Panginoon ay nasa nangata- takot sa Kanya; at ipakikilala Niya sa kanila ang Kanyang tipan." Awit 25:14.

Ipinahayag ng Dios ang Kanyang sarili, "Ang Panginoon, ang Panginoong Dios na puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan; na gumagamit ng kaawaan sa libu-libo, na nagpapatawad ng kasamaan, at ng pagsalangsang, at ng kasalanan: at sa anomang paraan ay hindi sariling walang-sala ang salarin."

"At nagmadali si Moises, at itinungo ang kanyang ulo sa lupa, at sumamba." Sa muli ay kanyang ipinakiusap na patawarin ng Dios ang kasalanan ng Kanyang bayan, at kunin sila bilang Kanyang mana. Ang kanyang dalangin ay tinugon. Mabiyayang ipinangako ng Dios na Kanyang babaguhing muli ang Kanyang kaluguran sa Israel, at para sa kanila ay gagawa ng mga kababalaghan na kailan man ay di nagawa "sa buong lupa, o sa alin mang bansa."

Apat na pung araw at gabi si Moises ay nanatili sa bundok; at sa loob ng buong panahong ito, gaya noong una, siya ay makababalaghang nakatagal. Walang sino mang pinahintulutang sumama sa kanya, at samantalang siya ay wala ay walang pinahintulutang lumapit sa bundok. Ayon sa iniutos ng Dios siya ay naghanda ng dalawang tapyas na bato, at dinala niya iyon sa tuktok ng bundok; [389]
at muli ay "isinulat ng Panginoon sa mga tapyas ang mga salita ng tipan, ang Sampung Utos."(Tingnan ang Apendiks, Nota 5.)

Sa loob ng mahabang panahong iyon na ginugol sa pakikipagugnay sa Dios, ang mukha ni Moises ay nagningning sa kaluwalhatian ng presensya ng Dios; hindi niya alam na ang kanyang mukha ay naghahayag ng maningning na liwanag nang siya ay bumaba mula sa bundok. Ang ganoong liwanag ang nagningning sa mukha ni Esteban nang sa harap ng kanyang mga hukom; "at lahat ng nangakaupo sa Sanhedrin, na nagsititig sa kanya, ay kanilang nakita ang kanyang mukha na katulad ng mukha ng isang anghel." Gawa 6:15. Si Aaron gano'n din ang bayan ay lumayo kay Moises, at "sila'y natakot na lumapit sa kanya." Nang makita ang kanilang pagkalito at takot, subalit hindi alam kung ano ang dahilan, ay pinilit niya silang lumapit. Inihayag niya sa kanila ang pangako ng pakikipagkasundo ng Dios, at tiniyak sa kanila ang Kanyang nanumbalik na kaluguran. Nabanaag nila sa kanyang tinig ang walang iba kundi pag-ibig at pagsusumamo, at sa huli ay may isang nangahas na lumapit sa kanya. Sa labis na pagkamangha upang makapagsalita, ay matahimik niyang itinuro ang mukha ni Moises, at pagkatapos noon ay tumuro sa langit. Naunawaan ng dakilang pinuno ang ibig niyang sabihin. Sa pagkabatid nila sa kanilang kasalanan, nakadarama na sila na nasa ilalim pa ng galit ng Dios, ay hindi nila matiis ang makalangit na liwanag, na, kung sila ay naging masunurin sa Dios, sila sana ay nagalak. Mayroong takot sa kasalanan. Ang kaluluwang

malayo sa kasalanan ay di mag-iisip na tumago mula sa makalangit na liwanag.

Si Moises ay maraming ipahahayag sa kanila; at sa awa sa kanilang takot, siya ay naglagay ng tabing sa kanyang mukha, at ginawa ang ganoon sa tuwing siya ay bumabalik sa kampamento mula sa pakiki- pag-ugnay sa Dios.

Sa pamamagitan ng liwanag na ito ay nais ng Dios madama ng Israel ang kabanalan, at kataasan ng likas ng Kanyang kautusan, at kaluwalhatian ng ebanghelyo na inihayag sa pamamagitan ni Kristo. Samantalang si Moises ay nasa bundok, iniharap sa kanya ng Dios, hindi lamang ang mga tapyas ng kautusan, kundi pati ang panukala ng kaligtasan. Nakita niya na ang sakripisyo ni Kristo ay inilalarawan ng lahat ng mga halimbawa at simbolo sa kapanahunan ng mga Hudyo; at ang makalangit na liwanag na dumadaloy
[390] mula sa kal- baryo, ganoon din ng kaluwalhatian ng kautusan ng Dios, ang nag- paningning ng ganoong liwanag sa mukha ni Moises. Ang makalangit na ningning na iyon ay kumakatawan sa kaluwalhatian ng dis- pensasyon na si Moises ang nakikitang tagapamagitan, kinatawan ng isang tunay na Tagapamagitan.

Ang kaluwalhatiang nagningning sa mukha ni Moises ay naglalarawan sa pagpapalang tatanggapin ng bayan ng Dios na sumusunod sa Kanyang mga utos sa pamamagitan ni Kristo. Iyon ay nagpapatotoo na habang lumalapit ang ating pakikipag-ugnay sa Dios, at habang nagiging higit na malinaw ang ating kaalaman tungkol sa Kanyang mga utos, ay lalong ganap na magiging kawangis tayo ng Dios, at higit tayong nagiging handa upang makibahagi sa likas Niya.

Si Moises ay isang paglalarawan ni Kristo. Kung paanong ang tagapamagitan ng Israel ay nagtakip ng kanyang mukha, sapagkat ang bayan ay di makatingin sa kaluwalhatian noon, ganoon din naman si Kristo, ang Dios na Tagapamagitan, na tinakpan ang Kanyang pagka Dios ng pagkatao nang Siya ay naparito sa lupa. Kung Siya ay naparitong nararamtan ng ningning ng langit, ay maaaring hindi Niya nakaugnay ang tao sa kanilang kalagayang makasalanan. Maaaring hindi nila natagalan ang kaluwalhatian ng Kanyang presensya. Kung kaya't Siya ay nagpakababa, at "nag-anyo lamang salarin" (Roma
[391] 8:3), upang Kanyang maabot ang nahulog na lahi, at sila'y maitaas.

# Kabanata 29—Ang Galit ni Satanas Laban sa Kautusan

Ang kauna-unahang paglaban ni Satanas upang sirain ang kautusan ng Dios—isinagawa sa ga walang kasalanang naninirahan sa langit—sa isang panahon ay tila naging matagumpay. Ang malaking bilang ng mga anghel ay naakit; subalit ang tila pagtatagumpay ni Satanas ay nagbunga ng pagkatalo at kawalaan, pagkawalay mula sa Dios, at pagpapaalis mula sa langit.

Nang ang labanan ay ipinagpatuloy sa lupa, si Satanas ay tila muling nananalo. Sa pamamagitan ng pagsalangsang, ang tao ay naging bihag niya, at ang kaharian ng tao ay napasa kamay ng punong rebelde. Ngayon ang daan ay tila nabuksan upang si Satanas ay magtatag ng isang nagsasariling kaharian, at upang hamakin ang pamamahala ng Dios at ng Kanyang anak. Subalit ang panukala ng kaligtasan ay nagpahintulot upang ang tao ay muling makasang-ayon ng Dios, at makasunod sa Kanyang kautusan, at upang kapwa ang tao at ang lupa sa wakas ay matubos mula sa kapangyarihan ng kasamaan.

Si Satanas ay muling nadaig, at muli siya ay gumamit ng panlilinlang, sa pag-asang ang kanyang pagkatalo ay mapagtatakpan ng pagtatagumpay. Upang pumukaw ng panghihimagsik sa nagkasalang lahi, kanya ngayong inihayag ang Dios bilang isang di makatarungan sa pagpapahintulot sa tao ng masuway ang Kanyang kautusan. "Bakit," wika ng mahusay na manunukso, "kung alam ng Dios ang ibubunga, ay pinahintulutan pa Niya ang taong malagay sa pagsubok, upang magkasala, at maghatid ng kahirapan at kamatayan?" At ang mga anak ni Adan, makalimutin sa mapagtiis na kaawaang nagbigay sa tao ng isa pang pagsubok, sa kabila ng kamangha-mangha, kakila- kilabot na sakripisyo ang halaga nito para sa Hari ng kalangitan, ay nakinig sa manunukso, at umungol laban sa tanging Kinapal na maka- pagliligtas sa kanila mula sa mapanirang kapangyarihan ni Satanas.

Libu-libo ngayon ang umuungol din ng ganoong mapanghimag-
[392] sik na pagreklamo laban sa Dios. Hindi nila nakikita na ang magkait sa tao ng kalayaan upang pumili ay nangangahulugan ng pagkawala ng kanyang karapatan bilang isang matalinong nilalang at iniiwan siya bilang isang tau-tauhan. Hindi panukala ng Dios ang sumuhol ng kalooban. Ang tao ay nilalang na malaya at mabait. Tulad sa lahat ng mga naninirahan sa ibang daigdig, siya ay kinakailangang dumaan sa pagsubok ng pagiging masunurin; subalit di siya kailan man inila- gay sa isang kalagayang ang pagsang-ayon sa kasamaan ay kinakai- langan. Walang tukso o pagsubok man ang pinahihintulutang sumapit sa kanya na walang kakayanan upang tumanggi. Ang Dios ay nagka- loob ng sapat na kailangan upang ang tao ay huwag madaig sa paki- kipaglaban kay Satanas.

Samantalang ang mga tao ay dumadami sa balat ng lupa, halos ang buong sanlibutan ay sumanib sa panghihimagsik. Minsan pang muli si Satanas ay mukhang nagtagumpay. Subalit pinaikli ng kapangyarihan ng Dios ang paggawa ng kasamaan, at ang sanlibutan ay nilinis sa pamamagitan ng Baha.

Wika ng propeta, "pagka nasa lupa ang iyong mga kahatulan ay nangatututo ng katuwiran ang mga nananahan sa sanlibutan. Mag- pakita ka man ng awa sa masama, hindi rin siya matututo ng katuwiran,...at hindi niya mapapansin ang kamahalan ng Panginoon." Isaias 26:9, 10. Gano'n din naman makalipas ang Baha. Hiwalay sa Kanyang mga kahatulan, ang mga naninirahan sa lupa ay muling nanghimagsik laban sa Panginoon. Dalawang beses ang tipan ng Dios at ang Kanyang kautusan ay tinanggihan ng sanlibutan. Kapwa ang mga tao bago bumaha, at ang mga naging mga anak ni Noe ay tumalikod sa awtoridad ng Dios. At ang Dios ay nakipagtipan kay Abraham, at kumuha ng isang bayan para sa Kanya upang maging tagapag-ingat ng Kanyang Kautusan. Upang akitin at puksain ang bayang ito, si Satanas ay kaagad naglagay ng kanyang mga bitag. Ang mga anak ni Jacob ay tinukso upang makipag-asawahan sa mga di kumikilala sa Dios at sumamba sa kanilang mga diyus-diyusan. Subalit si Jose ay tapat sa Dios, ang kanyang pagtatapat ay isang di nagbabagong patotoo para sa tunay na pananampalataya. Upang supi- lin ang liwanag na ito kinilos ni Satanas ang inggit ng mga kapatid ni Jose upang siya ay maipagbili bilang isang alipin sa isang lupaing di kumikilala sa Dios. Ginamit ng Dios ang mga

pangyayari, gano'n pa man, upang ang kaalaman tungkol sa Kanya ay maparating sa mga Ehipcio. Sa bahay ni Potipar at sa bilangguan si Jose ay nagkaroon ng edukasyon at pagsasanay na, kalakip ng [393] pagkatakot sa Dios, ay naghanda sa kanya para sa kanyang mataas na katungkulan bilang punong ministro ng bansa. Mula sa palasyo ng mga Faraon ng kanyang impluwensya ay nadama sa buong lupain, at ang pagkakilala sa Dios ay kumalat sa lahat ng dako. Ang mga Israelita rin sa Ehipto ay naging maunlad at mayaman, at sa pagiging tapat sa Dios ay nagkaroon ng malawak na impluwensya. Ang mga saserdote ng mga mapag- samba sa diyus-diyusan ay nangamba nang makita nilang ang ba- gong relihiyon ay kinaluluguran. Pinasigla ni Satanas ng sarili niyang galit sa Dios ng langit, ay iginayak nila ang kanilang mga sarili upang patayin ang liwanag. Sa mga saserdote nakatagubilin ang edukasyon ng magiging tagapagmana ng trono, at ang espiritung ito ng paglaban sa Dios at pagtatalaga sa pagsamba sa diyus-diyusan ang hu- mubog sa pagkatao ng hari sa hinaharap, at umakay tungo sa kalupi- tan at pang-aapi sa mga Hebreo.

Sa loob ng apat na pung taong pag-alis ni Moises mula sa Ehipto, ang pagsamba sa diyus-diyusan ay tila nagtagumpay. Taon-taon ang pag-asa ng Israel ay nanghina ng nanghina. Kapwa ang hari at ang bayan ay nagalak sa kanilang kapangyarihan, at kinutya ang Dios ng Israel. Ito ay tumindi hanggang sa ito'y nagwakas sa Faraon na naka- harap ni Moises. Nang ang pinuno ng mga Hebreo ay humarap sa hari na may isang mensahe mula kay "Jehova, Dios ng Israel," iyon ay di dahil sa kawalan ng kaalaman tungkol sa Dios, kundi isang paghamon sa Kanyang kapangyarihan, na nag-udyok upang tumugon ng, "Sino ang Panginoon na aking pakikinggan ang Kanyang tinig?... Hindi ko nakikilala ang Panginoon." Mula sa simula hanggang sa huli, ang pagsalungat ni Faraon sa utos ng Dios ay di dahil sa kakulangan ng kaalaman kundi dahil sa galit at paghamon.

Bagaman ang mga Ehipcio ay matagal nang tumangging ku- milala sa Dios, ang Panginoon ay nagbigay pa rin sa kanila ng pagkakataon upang magsisi. Noong mga panahon ni Jose, ang Ehipto ay nagsil- bing ampunan para sa Israel; ang Dios ay na- parangalan sa kabuti- hang ipinakita sa Kanyang bayan; at ngayon ang Dios na matiisin, hindi madaling magalit, at puspos ng kahaba- gan, ay nagbigay sa bawat hatol ng pagkakataon upang ganapin

ang Kanyang gawain; ang mga Ehipcio, sinumpa sa pamamagitan ng mga bagay na kanilang sinasamba, ay nagkaroon ng katibayan tungkol sa kapangyarihan ni Jehova, at lahat ng magnanais, ay maaar-
[394] ing sumuko sa Dios at ma- ligtas mula sa Kanyang mga hatol. Ang kahangalan at katigasan ng hari ay humantong sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa Dios, at pag-akay sa maraming mga Ehipcio upang ibigay ang kanilang mga sarili sa paglilingkod sa Kanya.

Ang mga Israelita ay may hilig umugnay sa mga di kumikilala sa Dios at gumaya sa kanilang pagsamba sa diyus-diyusan kung kaya ipinahintulot ng Dios na sila ay mapunta sa Ehipto, kung saan ang impluwensya ni Jose ay naging laganap, at kung saan ang mga pangyayari ay gano'n na lamang upang sila ay manatiling isang natatanging bayan. Dito rin ang malawakang pagsamba ng Ehipcio sa mga diyus- diyusan at ang kanilang kalupitan at pang-aapi sa huling bahagi ng paninirahan ng mga Hebreo ay maaaring naka-pagpasigla sa kanilang pagkamuhi sa pagsamba sa diyus-diyusan, at maaaring umakay sa kanila upang tumakas upang kumanlong sa Dios ng kanilang mga ama. Maging ang kaloob na ito ng Dios ay ginamit ni Satanas para sa kanyang layunin, pinagdilim ang kaisipan ng mga Israelita at inakay sila upang gayahin ang ginagawa ng mga panginoon nilang hindi kumikilala sa Dios. Dahil sa mapamahiing pagsamba sa mga hayop na ginagawa ng mga Ehipcio, ang mga Hebreo ay di pinahintulutan, sa panahon ng kanilang pagkaalipin, na maghain ng mga handog. Kaya't ang kanilang kaisipan ay di napatuon sa dakilang Hain, at ang kanilang pananampalataya ay nanglupaypay. Nang ang panahon ay dumating upang ang Israel ay iligtas, iginayak ni Satanas ang kanyang sarili upang labanan ang layunin ng Dios. Ipinasya niyang ang dakilang bayan, na nasa mahigit dalawang milyon ay manatili sa kawalan ng kaalaman at mga pamahiin. Ang bayang pinangakuan ng Dios na pagpapalain at pararamihin, upang gawing makapangyarihan sa lupa, at sa pamamagitan nila ay ipapahayag Niya ang kaalaman tungkol sa Kanyang kalooban—ang bayang gagawin Niyang Tagapag-ingat ng Kanyang kautusan—ang mismong bayang ito ay sinisikap ni Satanas na manatili sa kadiliman at pagkaalipin, upang mapawi niya mula sa kanilang kaisipan ang pag-alala sa Dios.

Nang ang mga kababalaghan ay isinagawa sa harap ng hari, si Satanas ay naroon upang kontrahin ang kanilang impluwensya at

iiwas si Faraon mula sa pagkilala sa kataasan ng Dios at mula sa pagsunod sa Kanyang iniuutos. Ginawa ni Satanas ang lahat ng kanyang makakayanan upang gayahin ang gawa ng Dios at labanan ang Kanyang kalooban. Ang naging tanging bunga ay ihanda ang daan para sa higit pang matinding pagpapahayag ng kapangyarihan [395] at kaluwalhatian ng Dios, at gawing higit na makatotohanan, kapwa sa mga Israelita at sa mga Ehipcio ang pagkakaroon at pagkamataas ng tunay at buhay na Dios.

Iniligtas ng Dios ang Israel sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan, at may mga hatol sa lahat ng mga diyos ng Ehipto. "Kanyang inilabas ang Kanyang bayan na may kagalakan, at ang Kanyang hirang na may awitan. Upang kanilang maingatan ang Kanyang mga palatuntunan, at sundin ang Kanyang mga kautusan." Awit 105:43-45. Iniligtas Niya sila mula sa lugar ng pagkaalipin, upang Kanya silang madala tungo sa isang mabuting lupain—isang lupain na sa Kanyang kalooban ay inihanda para sa kanila bilang isang kublihan mula sa kanilang mga kaaway, kung saan sila ay maaaring manirahan sa silong ng Kanyang mga pakpak. Kanyang dadalhin sila sa Kanyang sarili, at palilibutan sila ng Kanyang walang hanggang mga bisig; at bilang ganti sa lahat ng Kanyang kabutihan at kahabagan sa kanila sila ay inutusang huwag magkakaroon ng ibang mga diyos sa harap Niya, ang buhay na Dios, at itaas ang Kanyang pangalan at gawin iyong kapuri-puri sa lupa.

Sa panahon ng pagkaalipin sa Ehipto marami sa mga Israelita ang, sa isang banda, ay nakalimot sa kautusan ng Dios, at inihalo ang mga iniuutos noon sa mga gawi at kinaugalian ng mga hindi kumikilala sa Dios. Sila ay dinala ng Dios sa Sinai, at doon sa pamamagitan ng sarili Niyang tinig ay inihayag ang Kanyang kautusan.

Si Satanas at ang masasamang mga anghel ay naroon din upang tuksuhin silang gumawa ng kasalanan. Itong bayang ito na pinili ng Dios, ay kanyang papawiin, sa harap mismo ng Kalangitan. Sa pamamagitan ng pag-akay sa kanila upang sumamba sa diyus-diyusan, kanyang sisirain ang kabuluhan ng pagsamba; sapagkat paano maitataas ang taong sumasamba sa hindi higit sa kanya at maaari lamang ilarawan ng sarili niyang gawa? Kung ang tao lamang ay magiging gano'n kabulag sa kapangyarihan, kamahalan, at kaluwalhatian ng walang hanggang Dios na Siya'y ilarawan ng isang larawang inanyuan, o sa pamamagitan ng isang hayop o reptilya; kung kani-

lang makakalimutan ang sarili nilang relasyon sa Dios, na nilalang sa wangis ng Manlalalang at yumuko sa mga mapanghimagsik at walang pakiramdam na mga bagay—kung magkagano'n ay bukas na ang daan upang ang masama ay pahintulutan; ang masamang
[396] nasa ng puso ay di mapipigilan, at si Satanas ay magkakaroon ng ganap na pangangasiwa.

Sa mismong paanan ng Sinai, ay sinimulan ni Satanas ang kanyang mga panukala sa pagwawalang bisa sa kautusan ng Dios, sa gano'n ay maipagpapatuloy ang dati ring gawain na kanyang sinimulan sa langit. Sa loob ng apat na pung araw na si Moises ay kasama ng Dios sa bundok, si Satanas ay abala sa pagpukaw ng pag-aalinlangan, pagtalikod, at panghihimagsik. Samantalang isinusulat ng Dios ang Kanyang kautusan, upang ipagkatiwala sa bayan ng Kanyang tipan, ang mga Israelita, sa pagtakwil sa kanilang pagiging tapat kay Jehova, ay humihingi ng mga diyos na ginto! Nang si Moises ay dumating mula sa kagila-gilalas na kaluwalhatian, dala ang mga alituntunin ng kau- tusang ipinangako nilang susundin, nakita niya sila, na hayagang lumalabag sa mga utos noon, nakayukong pumupuri sa harap ng isang larawang yari sa ginto.

Sa pamamagitan ng pag-akay sa Israel tungo sa mapangahas na pang-iinsultong ito kay Jehova, panukala ni Satanas ang sila ay mapa- hamak. Dahil pinatunayan nilang gano'n na lamang kababa ang kanilang mga sarili, waglit nang lubos sa pagkadama ng mga karapatan at pagpapalang inialok sa kanila ng Dios, at sa sarili nilang solemne at inulit na pangako ng pagtatapat, ang Panginoon, sa kanyang panini- wala, ay ihihiwalay sila mula sa Kanya at ilalaan sila sa kapahamakan. Sa gano'ng paraan ay matitiyak ang pagkawala ng lahi ni Abraham, ang binhing iyon ng pangako na mag-iingat sa kaalaman tungkol sa buhay na Dios, at sa pamamagitan noon Siya ay darating—ang tunay na Binhi, na siyang lulupig kay Satanas. Ang dakilang rebelde ay nagpanukalang puksain ang Israel, at sa gano'ng paraan ay sirain ang mga panukala ng Dios. Subalit muli siyang nadaig. Bagaman gano'n na lamang sila kamakasalanan, ang bayang Israel ay hindi pinatay. Samantalang yaong mga nagmatigas sa panig ni Satanas ay pinatay, ang bayan, na nagpakumbaba at nagsisi, ay may kahabagang pinata- wad. Ang kasaysayan ng kasalanang ito ay magsisilbing nagpapatuloy sa patotoo sa kasalanan at kaparusahan

ng pagsamba sa diyus-diyusan, at ang katarungan at mapagtiis na kahabagan ng Dios.

Ang buong sansinukob ay naging saksi sa mga pangyayari sa Sinai. Sa pagkilos ng dalawang pamahalaan ay nakita ng pagkakaiba ng pamamahala ng Dios at ni Satanas. Muling nakita ng di nagkasalang naninirahan sa ibang mga daigdig ang mga bunga ng pagtalikod ni Satanas, at ang uri ng pamahalaan na kanya sanang [397]
itinatag sa langit kung siya ay pinahintulutang manaig.

Sa pamamagitan ng pag-akay sa tao upang labagin ang ikalawang utos, layunin ni Satanas na pababain ang kanilang pagkakilala sa Dios. Sa pamamagitan ng pagsasaisang tabi sa ikaapat, gagawin nilang makalimutan na nilang lubos ang Dios. Ang karapatan ng Dios sa paggalang at pagsamba, na higit sa mga diyus-diyusan, ay batay sa katotohanan na Siya ang Manlalalang, at utang sa Kanya ng lahat ng nilalang ang kanilang buhay. Kaya't gano'n ang inihahayag sa Banal na Kasulatan. Wika ng propetang Jeremias: "Ang Panginoon ay tunay na Dios; Siya ang buhay na Dios, at walang hanggang Hari.... Ang mga diyos na hindi gumawa ng langit at ng lupa, ang mga ito ang mangalilipol sa lupa, at sa silong ng langit. Kanyang ginawa ang lupa sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan, Kanyang itinatag ang sanlibutan sa pamamagitan ng Kanyang karunungan, at Kanyang iniladlad ang langit sa pamamagitan ng Kanyang pagkaunawa." "Bawat tao ay naging tampalasan at walang kaalaman; bawat panday ay nalagay sa kahihiyan sa kanyang larawang inanyuan; sapagkat ang kanyang larawang binubo ay kabulaanan, at hindi humihinga ang mga yaon. Sila'y walang kabuluhan, gawang kamalian: sa panahon ng pagdalaw sa mga yaon sila ay mangalilipol. Ang bahagi ni Jacob ay hindi gaya ng mga ito; sapagkat Siya ang may kapal sa lahat ng mga bagay." Jeremias 10:10-12, 14-16. Ang Sabbath, bilang pang- alaala ng kapangyarihan ng Dios bilang Manlalalang, ay nagtuturo sa Kanya bilang lumikha ng langit at ng lupa. Kaya't iyon ay nagpapa- tuloy na patotoo sa Kanya at nagpapaalaala ng Kanyang kadakilaan, Kanyang karunungan, at Kanyang pag-ibig. Kung ang Sabbath lamang ang patuloy na iningatan ng may kabanalan, ay hindi sana kailan man nagkaroon ng isang ateista o sumasamba sa mga diyus- diyusan.

Ang Sabbath, na nagsimula sa Eden, ay kasing tanda ng sanlibutan. Iyon ay ipinangilin ng lahat ng mga patriarka, mula sa paglalang.

Sa panahon ng pagkaalipin sa Ehipto, ang mga Israelita ay sapilitang pinalabag sa Sabbath ng kanilang mga taga-atang, at malaking kaalaman tungkol sa kabanalan noon ang sa kanila ay nawala. Nang ang kautusan ay inihayag sa Sinai ang kauna-unahang mga salita ng ikaapat na utos ay, "Alalahanin mo ang araw ng Sabbath upang ipangi- lin"—ipinapakita na ang Sabbath ay hindi lamang noon iti-
[398] natag; tayo ay itinuturo sa pinagmulan noon sa paglalang. Upang mapawi ang Dios mula sa kaisipan ng mga tao, ginawang layunin ni Satanas ang ibagsak ang dakilang pang-alaalang ito. Kung ang mga tao ay maakay upang makalimutan ang kanilang Manlalalang, hindi na sila gagawa ng paraan upang labanan ang kapangyarihan ng kasamaan at si Satanas ay makatitiyak sa kanyang bihag.

Ang galit ni Satanas sa kautusan ng Dios ang pumilit sa kanya upang makipagdigma laban sa bawat alituntunin ng Sampung Utos. Ang dakilang prinsipyo ng pag-ibig at katapatan sa Dios, ang Ama ng lahat, ang prinsipyo ng pag-ibig ng anak sa magulang at ng pagiging masunurin ay may malapit na kaugnayan. Ang paghamak sa awtoridad ng magulang ay madaling humahantong sa paghamak sa awtoridad ng Dios. Kaya't narito ang pagsisikap ni Satanas na ba- wasan ang obligasyon na nakasaad sa ikalimang utos. Sa mga hindi kumikilala sa Dios ang prinsipyong nakasaad sa alituntuning ito hindi masyadong pinahahalagahan. Sa maraming mga bansa ang mga magulang ay iniiwan o pinapatay kung mangyayaring dahil sa katandaan ay di na sila makatutustos sa sarili. Sa tahanan ang ina ay hindi masyadong iginagalang, at sa sandaling ang kanyang asawa ay mamatay siya ay inuutusang mapailalim sa awtoridad ng kanyang panganay na anak na lalaki. Ang pagiging masunurin sa magulang ay ipinag-utos ni Moises; subalit samantalang ang mga Israelita ay na- papalayo sa Panginoon, ang ikalimang utos, pati ang iba, ay nangya- ring binaliwala.

Si Satanas ay "isang mamamatay-tao buhat pa nang una" (Juan 8:44); at nang siya ay magkaroon ng kapangyarihan sa sangkatauhan, hindi lamang niya inudyukan silang magalit at magpatayan sa isa't isa, kundi, upang higit pang hayag na lapastanganin ang pamahalaan ng Dios, ginawa niyang ang paglabag sa ikaanim na utos ay maging bahagi ng kanilang relihiyon.

Sa pamamagitan ng mga maling kaisipan tungkol sa likas ng Dios, ang mga bansang di kumikilala sa Dios ay pinaniwala na ang

mga taong sakripisyo ay kailangan upang malugod ang kanilang mga diyos; at ang pinakakilabot na kalupitan ay isinagawa sa ilalim ng iba't ibang anyo ng pagsamba sa diyus-diyusan. Kabilang dito ang pagpa- padaan ng mga anak sa apoy sa harap ng kanilang mga diyus-diyusan. Kung ang isa sa kanila ay makadaan sa pagsubok na ito na hindi nasaktan, ang mga tao ay naniniwala na ang kanilang mga handog ay tinanggap; ang isa na nakaligtas ng gano'n ay [399] itinuturing na bukod tanging kinaluluguran ng mga diyos, binibigyan ng maraming mga kaloob, at pagkatapos noon ay binibigyan ng mataas na pagtingin; at gaano man kalala ang kanyang mga kasalanan, siya ay hindi pinaru- rusahan. Subalit kung ang sino man ay masunog sa pagdaan sa apoy, ang kanyang kapalaran ay natatakan na; pinaniniwalaang ang galit ng mga diyos ay mapapawi lamang sa pamamagitan ng pagkuha ng buhay ng biktima, at dahil doon siya ay iniaalay bilang isang handog. Sa mga panahon ng dakilang pagtalikod ang mga kasamaang ito ay nangyari, sa isang banda, maging sa mga Israelita.

Ang paglabag sa ikapitong utos ay isinagawa rin sa ngalan ng relihiyon. Ang pinakamalaswa at kasuklam-suklam na gawain ay isinagawa bilang bahagi ng pagsamba ng mga di kumikilala sa Dios. Ang mga diyos mismo ay inihahayag na hindi dalisay, at ang mga sumasamba sa kanila ay nagbibigay laya sa pagnanasa ng laman. Ang mga di kaaya-ayang gawain ay isinagawa at ang mga kapistahan ay nagkaroon ng pangmaramihan at hayag na imoralidad.

Ang pagkakaroon ng maraming asawa ay isinagawa na noon pa man. Isa iyon sa mga kasalanan na naghatid ng galit ng Dios sa sanlibutan bago bumaha. Gano'n pa man pagkatapos ng Baha iyon ay muling naging laganap. Sinisikap ni Satanas ng lubos na pag- sisikap na sirain ang pag-aasawa, upang pahinain ang mga obligasyong kaugnay noon at bawasan ang kabanalan noon; sapagkat wala nang hihigit pang tiyak na paraan na kanyang maaalis ang wangis ng Dios sa tao at magbukas ng daan tungo sa kahirapan at kasamaan.

Mula sa pagbubukas ng malaking tunggalian naging layunin ni Satanas na ihayag sa maling paraan ang likas ng Dios at lumikha ng panghihimagsik laban sa Kanyang kautusan, at ang gawaing ito ay tila nagiging matagumpay. Ang karamihan ay nakikinig sa mga pan- lilinlang ni Satanas at iginagayak ang kanilang mga sarili

laban sa Dios. Subalit sa kalagitnaan ng pagkilos ng kasamaan, ang mga layunin ng Dios ay nagpatuloy na sumulong tungo sa katuparan; sa lahat ng mga nilikhang may kaisipan ay inihahayag Niya ang Kanyang katarungan at kabutihan. Sa pamamagitan ng mga panunukso ni Satanas ang buong sangkatauhan ay naging tnananalangsang ng kautusan ng Dios, subalit sa pamamagitan ng sakripisyo ng Kanyang Anak, ang isang daan ay nabuksan upang sila ay makabalik sa Dios. Sa pamamagitan ng biyaya ni Kristo sila ay
[400] maaaring maging masu- nurin sa kautusan ng Ama. Kaya't sa bawat kapanahunan, mula sa kalagitnaan ng pagtalikod at panghihimagsik, ang Dios ay naglalabas ng isang bayang tapat sa Kanya—isang bayan "na ang puso ay kinaro- roonan ng Kanyang kautusan." Isaias 51:7.

Sa pamamagitan ng panlilinlang inakit ni Satanas ang mga anghel; at gano'n sa lahat ng mga panahon isinakatuparan niya ang kanyang gawain sa mga tao, at kanyang ipagpapatuloy ang patakaran niyang ito hanggang sa wakas. Kung hayagan niyang sasabihin na siya'y lumalaban sa Dios at sa Kanyang kautusan, ang mga tao ay mag- iingat; subalit siya ay nagbabalat kayo, at inihahalo ang katotohanan sa kamalian. Ang pinakamapanganib na mga kasinungalingan ay iyong kasama ng katotohanan. Sa gano'ng paraan ang mga kamalian ay tinatanggap at bumibihag at nagpapahamak sa kaluluwa. Sa ganitong paraan isinasama ni Satanas ang sanlibutan sa kanya. Subalit ang araw ay dumarating kung kailan ang kanyang pagtatagumpay ay wawakasan hanggang sa walang hanggan.

Ang pakikitungo ng Dios sa panghihimagsik ay hahantong sa ganap na pagpapahayag ng gawain na matagal nang isinasagawang nakukublihan. Ang mga resulta ng paghahari ni Satanas, ang mga bunga ng pagsasaisang tabi sa mga utos ng Dios, ay mabubuksan upang makita ng lahat ng nilalang na may katalinuhan. Ang kautusan ng Dios ay titindig na ganap na napatotohanan. Makikita na ang lahat ng pakikitungo ng Dios ay isinakatuparan kaugnay ng walang hanggang ikabubuti ng Kanyang bayan, at ang kabutihan ng lahat ng mga daigdig na Kanyang nilikha. Si Satanas, sa harap ng sumasaksing sansinukob, ay magpapahayag ng katarungan ng pamamahala ng Dios at ng kabutihan ng Kanyang kautusan.

Di na magtatagal ang Dios ay babangon upang patotohanan ang Kanyang awtoridad na kinukutya. "Ang Panginoon ay lumalabas

mula sa Kanyang dako upang parusahan ang mga nananahan sa lupa dahil sa kanilang kasamaan." Isaias 26:21. "Ngunit sino ang makatatahan sa araw ng Kanyang pagparito?" Malakias 3:2. Ang bayang Israel, dahil sa kanilang pagkamakasalanan, ay di pinahintulutang lumapit sa bundok nang Siya ay malapit nang bumaba doon upang ihayag ang Kanyang kautusan, baka sila mamatay sa pamamagitan ng nag-aapoy na kaluwalhatian ng Kanyang pakikiharap. Kung ang gano'ng mga pagpapahayag ng Kanyang kaluwalhatian ay naganap sa lugar na piniling pagpapahayagan ng kautusan ng Dios, gaano [401] kakilabot ang Kanyang paghuhukom kung Siya ay dumating para sa kaparusahan ng mga banal na utos na ito. Paano yaong mga yumurak sa Kanyang awtoridad makatatagal sa Kanyang kaluwalhatian sa dakilang araw ng huling pagsusulit? Ang mga kakilabutan sa Sinai ay maglalarawan sa bayan ng mga tagpo sa paghuhukom. Ang tunog ng pakakak ang tumawag sa Israel upang makipagtagpo sa Dios. Ang tinig ng arkanghel at ang pakakak ng Dios, ang tatawag, mula sa buong lupa, kapwa ang mga buhay at ang mga patay tungo sa harap ng kanyang Hukom. Ang Ama at ang Anak, kasama ang maraming mga anghel, ay naroroon sa bundok. Sa dakilang araw ng paghuhukom si Kristo ay darating na "nasa kaluwalhatian ng Kanyang Ama na kasama ang Kanyang mga anghel." Mateo 16:27. At Siya ay lu- luklok sa luklukan ng Kanyang kaluwalhatian, at sa harap Niya ay matitipon ang lahat ng mga bansa.

Nang ang Presensya ng Dios ay mahayag sa Sinai, ang kaluwalhatian ng Panginoon ay tulad sa namumugnaw na apoy sa paningin ng buong Israel. Subalit sa pagdating ni Kristo sa kaluwalhatian kasama ang mga anghel ang buong lupa ay mag-aapoy sa pamamagitan ng kakila-kilabot ng liwanag ng Kanyang presensya. "Ang aming Dios ay darating at hindi tatahimik: Isang apoy na mamumugnaw sa harap Niya. At magiging totoong malaking bagyo sa palibot Niya. Siya'y tatawag sa langit sa itaas, at sa lupa upang mahatulan Niya ang Kanyang bayan." Awit 50:3, 4. Isang ilog na umaapoy ang aagos mula sa harap Niya, na siyang tutunaw sa mga elemento sa pamamagitan ng lubhang kainitan, ang lupa rin, at ang mga gawa na naroon ay masusunog. "Sa pagpapakahayag ng Panginoong Jesus mula sa langit na kasama ang mga anghel ng Kanyang kapangyarihan na nasa nagniningas na apoy, na maghihiganti sa hindi nagsisikilala sa

Dios, at sa kanila na hindi nagsisitalima sa ebanghelio" 2 Tesalonica 1:7.8.

Kailan man mula nang ang tao ay lalangin ay di pa nasasaksihan ang ganoong pagpapahayag ng kapangyarihan ng Dios tulad nang ihayag ang kautusan mula sa Sinai. "Ang lupa ay nayanig, ang mga langit naman ay tumulo sa harapan ng Dios: Ang Sinai na yaon ay nayanig sa harapan ng Dios, ng Dios ng Israel." Awit 68:8. Sa kalagitnaan ng pinakakilabot na pagkakagulo ng kalikasan ang tinig ng Dios, tulad sa isang pakakak ay narinig mula sa alapaap. Ang bundok ay nayanig mula sa paanan hanggang tuktok, at ang mga
[402] Israelita, mapuputla at nanginginig sa takot, ay nagsiubob sa lupa. Siya na ang tinig ay yumanig sa lupa ay nagsabi, "Minsan pang yayanigin ko, hindi lamang ang lupa, kundi pati ng langit." Hebreo 12:26. Wika ng kasulatan, "Ang Panginoon ay uungol mula sa itaas, at ilalakas ang Kanyang tinig mula sa Kanyang banal na tahanan;" "at ang langit at ang lupa ay mangayayanig." Jeremias 25:30; Joel 3:16. Sa dakilang araw na yaon na dumarating, ang kalangitan ay mahahawi "gaya ng isang lulong aklat kung nalululon." Apocalipsis 6:14. At ang bawat bundok at pulo ay makikilos mula sa kanyang kinaroroonan. "Ang lupa ay gigiray na parang lango, at mauuga na parang dampa; at ang kanyang pagsalangsang ay magiging mabigat sa kanya, at mabubuwal, at hindi na magbabangon." Isaias 24:20.

"Kaya't lahat ng kamay ay manghihina," lahat ng mga mukha "ay naging maputla," "at bawat puso ng tao ay manglulumo. At sila'y manglulupaypay: mga pagdaramdam at mga kapanglawan ay dada- nasin nila." "At aking parurusahan ang sanlibutan dahil sa kanilang kasamaan," wika ng Panginoon, "at aking patitigilin ang kahambu- gan ng palalo, at aking ibababa ang kapalaluan ng kakilakilabot." Isaias 13:7, 8, 11; Jeremias 30:6.

Nang si Moises ay manggaling mula sa harapan ng Dios sa bundok, tinanggap niya ang mga tapyas ng patotoo, ang nagkasalang Israel ay hindi makatingin sa liwanag na lumuluwalhati sa kanyang mukha. Paano pa kaya yaong mga nagsisilabag sa kautusan makati- tingin sa Anak ng Dios kung Siya ay mahayag sa kaluwalhatian ng Kanyang Ama, napapalibutan ng lahat ng naninirahan sa langit, u- pang hatulan ang mga sumalangsang sa Kanyang kautusan at tumanggi sa Kanyang pagtubos. Yaong mga nagsitanggi sa kautusan ng Dios at yumurak sa dugo ni Kristo, "ang mga hari sa lupa, at ang

mga prinsipe, at ang mga pangulong kapitan, at ang mayayaman, at ang mga makapangyarihan," ay magsisipagtago "sa mga yungib at sa mga bato sa mga bundok," at kanilang sasabihin sa mga bundok at sa mga bato, "Mahulog kayo sa amin, at kami'y inyong itago sa mukha noong nakaupo sa luklukan, at sa galit ng Kordero: sapagkat dumating na ang dakilang araw ng kanilang kagalitan; at sino ang makatatayo?" Apocalipsis 6:15-17. "Sa kaarawang yaon ay ihahagis ng mga tao ang kanilang mga diyus-diyusang pilak, at ang kanilang diyus-diyusang ginto,...sa yungib ng mga bilig at ng mga paniki; upang pumasok sa mga puwang ng malalaking bato, sa harap ng [403]
kakilabutan sa Panginoon, at sa kaluwalhatian ng kanyang kamahalan, pagka Siya'y bumangon upang yaniging may kapangyarihan ang lupa." Isaias 2:20, 21.

At mahayag na ang panghihimagsik ni Satanas laban sa Dios ay nagbunga ng pagkapahamak ng kanyang sarili at noong lahat na pumiling maging mga kampon niya. Kanyang inihayag na malaking kabutihan ang ibubunga ng pagsalangsang; subalit mahahayag na "ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan." "Sapagkat, narito, ang araw ay dumarating, na nagniningas na parang hurno; at ang lahat na palalo, at ang lahat na nagsisigawa ng kasamaan ay magiging parang dayami, at ang araw na dumarating ay susunog sa kanila, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, na anopa't hindi mag-iiwan sa kanila ng kahit ugat ni sanga man." Malakias 4:1. Si Satanas, ang ugat ng bawat kasalanan, at lahat ng gumagawa ng kasamaan, na kanyang mga sanga, ay lubos na mapupuksa. Ang kasalanan ay wawakasan, kabilang ang lahat ng kapighatian at kasiraang ibinunga noon. Wika ng mang-aawit, "Iyong nilipol ang masama, Iyong pinawi ang kanilang pangalan magpakailan man. Ang kaaway ay dumating sa wakas, sila'y lipol magpakailan man." Awit 9:5, 6.

Subalit sa kalagitnaan ng bagyo ng paghuhukom ng Dios, ang mga anak ng Dios ay walang anomang sukat ikatakot. "Ang Panginoon ay magiging kanlungan sa Kanyang bayan, at katibayan sa mga anak ni Israel." Joel 3:16. Ang araw na naghahatid ng takot at pagkawasak sa mga sumusuway sa kautusan ng Dios sa masunurin ay maghahatid ng kasiyahang "totoo na may galak na di masayod at puspos ng kaluwalhatian." "Pisanin mo ang Aking mga banal sa Akin," wika ng Panginoon, "yaong nangakikipagtipan sa Akin

sa pamamagitan ng hain. At ipahahayag ng langit ang Kanyang katuwiran; sapagkat ang Dios ay siyang Hukom."

"Kung magkagayo'y manunumbalik kayo at makikilala ninyo ang matuwid at ang masama, yaong naglilingkod sa Dios at yaong hindi naglilingkod sa Kanya." Malakias 3:8. "Inyong pakinggan Ako, ninyong nakakaalam ng katuwiran, bayan na ang puso ay kinaroroonan ng Aking kautusan." "Narito, aking inalis sa iyong kamay ang saro na pangpagiray,...hindi ka na iinom pa." "Ako, Ako nga, ay Siyang umaa- liw sa inyo." Isaias 51:7, 22, 12. "Sapagkat ang mga bundok ay mangapapaalis, at ang mga burol ay mangapapalipat; ngunit ang Aking kagandahang-loob ay hindi hihiwalay sa iyo, o
[404] ang Aking man tipan ng kapayapaan ay maalis, sabi ng Panginoon na naaawa sa iyo." Isaias 54:10.

Ang dakilang panukala ng pagtubos ay humahantong sa ganap na pagbabalik ng sanlibutan sa kaluguran ng Dios. Ang lahat ng nawala dahil sa kasalanan ay naisauli. Hindi lamang ang tao kundi pati ang lupa ay natubos, upang maging pangwalang hanggang tirahan ng mga masunurin. Sa loob ng anim na libong mga taon si Satanas ay nakipagpunyagi upang panatilihin ang pang-aangkin sa lupa. Ngayon ang orihinal na panukala ng Dios sa paglalang noon ay naganap. "Ang mga banal ng Kataastaasan ay magsisitanggap ng kaharian, at aariin ang kaharian magpakailan man." Daniel 7:18.

"Mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog niyaon ang pangalan ng Panginoon ay pupurihin." Awit 113:3. "Sa araw na yao'y magiging ang Panginoon ay isa, at ang Kanyang pangalan ay isa." "At ang Panginoo'y magiging Hari sa buong lupa." Zacarias 14:9. Wika ng kasulatan, "Magpakailan man, Oh Panginoon, ang Iyong salita ay natatag sa langit." "Lahat Niyang mga tuntunin ay tunay. Nangatatatag magpakailan-kailan man." Awit 119:89; 111:7, 8. Ang mga banal na tuntunin na kinagalitan at sinikap na sirain ni Satanas, ay pararangalan sa buong sansinukob na walang kasalanan. At "kung paanong ang lupa'y nagsisibol ng pananim, at kung paanong ang halamanan ay nagsisibol ng mga bagay na natanim sa kanya; gayon pasisibulin ng Panginoong Dios ang katuwiran at kapurihan
[405] sa harap ng lahat ng bansa." Isaias 61:11.

# Kabanata 30—Ang Tabernakulo at ang mga Serbisyo

Ang kabanatang ito ay batay sa Exodo 25 hanggang 40; Levitico 4 at 16.

Ang utos ay ibinigay kay Moises samantalang nasa bundok na kasama ang Dios, "Kanilang igawa Ako ng isang santuwaryo; upang Ako'y makatahan sa gitna nila;" at kumpletong mga tagubilin ay ibinigay para sa pagtatayo ng tabernakulo. Dahil sa pagtalikod ang mga Israelita ay nawalan sila ng pagpapala ng pakikisama ng Dios, at sa panahong iyon ay naging imposible ang magtayo ng isang santu- wario para sa Dios sa kanilang kalagitnaan. Subalit nang sila ay maiba- lik sa kaluguran ng Langit, ang dakilang pinuno ay kumilos upang isakatuparan ang utos ng Dios.

Ang mga piniling lalaki ay bukod tanging pinagkalooban ng Dios ng kakayanan at karunungan para sa pagpapagawa ng banal na gusali. Ang Dios mismo ang nagbigay kay Moises ng piano ng pagyari noon, na may mga takdang tagubilin ang mga sukat at anyo, ang materiales na gagamitin, at bawat kasangkapan na ilalagay doon. Ang mga banal na dakong ginawa ng kamay ay magiging "kahalin-tulad lamang ng tunay," "mga anyo ng mga bagay sa sangkalangitan" (Hebreo 9:24, 23)—isang maliit na anino ng makalangit na templo kung saan si Kristo, ang ating Dakilang Saserdote, matapos na ihan-dog ang Kanyang buhay bilang isang hain, ay maglilingkod para sa kapa- kanan ng nagkasala. Nagpakita ang Dios kay Moises sa bundok ng isang tanawin ng makalangit na santuwario, at inutusan siyang gawin ang lahat ng bagay ayon sa halimbawang ipinakita sa kanya. Ang lahat ng mga tagubiling ito ay maingat na isinulat ni Moises, na siyang nagsaysay naman nito sa mga pinuno ng bayan.

Para sa pagtatayo ng santuwario ay nangangailangan ng marami at mamahaling mga paghahanda; isang malaking halaga ng pinaka-mama- halin at pinakamahalagang materiales ang kailangan; gano'n pa man ang tinanggap lamang ng Panginoon ay yaong mga malayang

handog. "Ang bawat tao na maganyak ang puso sa kagandahang loob ay kukunan ng handog sa Akin," ang iniutos ng Dios na inulit ni
[406] Moises sa kapisanan. Ang pagtatalaga sa Dios at espiritu ng pagsasakripisyo ang unang kailangan sa paghahanda ng isang dakong titirhan ng Kataastaasan sa Lahat.

Ang bayan ay tumugon ng may pagkakaisa. "At sila'y lumapit, lahat ng tao na napukaw ang kalooban, at lahat na pinapagkusa ng sariling diwa, at nagdala ng paghahandog sa Panginoon, sa gawain sa tabernakulo ng kapisanan, at sa buong ipaglilingkod at sa mga banal na kasuutan. At sila'y naparoon, mga lalaki at mga babae, yaong lahat na nagkaroon ng kusang loob, at nagdala ng mga espile, at mga hikaw, at ng mga singsing na panatak, at ng mga pulsera, ng mada- lang hiyas na ginto; sa makatuwid baga'y lahat na naghandog ng handog na ginto sa Panginoon."

"At bawat taong may kayong bughaw, at kulay ube, at pula, at lino, at balahibo ng mga kambing, at balat ng mga tupa na tininang pula at ng mga balat ng poka, ay nangagdala. Ang lahat na naghandog ng handog na pilak at tanso, ay nagdala ng handog sa Panginoon: at lahat ng taong may kahoy na akasia na magagamit sa anomang gawa ng paglilingkod ay nagdala."

"At lahat ng mga babaing matatalino ay nagsihabi ng kanilang mga kamay, at dinala ang kanilang mga hinabi, na kayong bughaw, at kulay ube, at pula, at lino. At lahat ng mga babae na napukaw ang kalooban, sa karunungan, ay nagsihabi ng balahibo ng mga kambing."

"At ang mga pinuno ay nagdala ng mga batong onix, at ng mga batong pangkalupkop na gamit sa epod, at sa pektoral; at ng mga espesia, at ng langis; na pangilawan, at langis na pangpahid, at pang- mabangong kamangyan." Exodo 35:23-28.

Samantalang ang paggawa ng santuwario ay nagpapatuloy, matanda at bata—mga lalaki at mga babae, at mga anak—ay nagpatuloy sa paghahatid ng kanilang mga handog, hanggang sa makita ng mga nangangasiwa sa paggawa na mayroon na silang sapat, at higit pa sa maaaring magamit. At ipinag-utos ni Moises sa buong kampamento, "Huwag nang gumawa ang lalaki o ang babae man sa anomang gawang handog sa santuwario. Na ano pa't sinangsala na ang bayan sa pagdadala." Ang mga pagmumukmok ng mga Israelita at ang mga pagpataw ng mga kahatulan ng Panginoon dahil

sa kanilang mga kasalanan ay itinala bilang isang babala para sa mga sumusunod na henerasyon. At ang kanilang pag-ibig, kasigasigan, at pagiging mapag- bigay, ay mga halimbawa na marapat tularan. Ang lahat ng umiibig sa pagsamba sa Dios at pinahahalagahan ang pagpapala ng Kanyang banal na presensya ay magpapakita ng gano'n ding [407] espiritu ng pagsa- sakripisyo sa paghahanda ng isang tahanan kung saan Siya ay maaaring makipagtagpo sa kanila. Nanaisin nilang maghatid sa Panginoon ng pinakamabuti nilang tinatangkilik. Ang isang tahanang ginawa para sa Dios ay di kinakailangang maiwan sa pagkakautang, sapagkat sa gano'ng paraan Siya ay nalalapastangan. Ang halagang kailangan upang matapos ang gawain ay kinakailangang malayang maipagka- loob, upang ang mga gumagawa ay makapagsabi, gaya ng mga gumawa ng tabernakulo, "Huwag nang maghatid ng mga handog."

Ang pagkakagawa ng tabernakulo ay yaong makakalas at madadala ng mga Israelita sa kanilang mga paglalakbay. Kaya't iyon ay maliit, hindi humigit sa limampu't limang talampakan ang haba at labing walong talampakan ang lapat at ang taas. Gano'n pa man ang pag- kakayari noon ay kahanga-hanga. Ang kahoy na ginamit para sa gusali at sa mga kasangkapan ay yaong galing sa puno ng akasia, na pinamakatagal mabulok sa lahat ng kahoy na masusumpungan sa Sinai. Ang mga dingding ay binubuo ng mga matuwid na tabla, na nakahanay sa tuntungang pilak, at natatanganang mabuti ng mga haligi at ng mga barakilan; at lahat ay nababalutan ng ginto, ano pa't ang gusali ay mukhang purong ginto. Ang bubong ay binubuo ng apat na uri ng kurtina, ang kaloob-looban ay binubuo ng "linong pinili, at bughaw, at kulay ube, at pula, na may mga querubin na gawa ng bihasang manggagawa." Ang tatlo pang uri ay yari sa balat ng kambing, balat ng lalaking tupa at balat ng seal, na gano'n na lamang ang pagkakaayos upang makapagbigay ng kumpletong proteksyon.

Ang gusali ay nahahati sa dalawa sa pamamagitan ng isang mama- halin at magandang kurtina, o lambong na itinataas ng mga ginin- tuang haligi; at isang kahawig na lambong ang sumasara sa pasukan ng unang dako. Ang mga ito, tulad ng pangloob ng tabing, na bu- mubuo ng atip, ay may napakagandang mga kulay bughaw, kulay ube, at pula, na maganda ang pagkakaayos, may burdang sinulid na ginto at pilak na anyo ng mga anghel upang kumatawan

sa mga anghel na kaugnay sa gawain sa santuwario sa langit at mga espiri- tung naglilingkod sa bayan ng Dios sa lupa.

Ang banal na tolda ay nasa isang walang bubong na bakuran, na napapaligiran ng mga pabitin, o tabing, na linong pinili, na itinataas
[408] ng mga haliging tanso. Ang pasukan tungo sa bakurang ito ay nasa gawing silangan. Iyon ay sinarhan ng mamahaling tela at maganda ang pagkakagawa, bagaman hindi kasing ganda noong ginamit sa santuwario. Sapagkat ang tabing ng bakuran ay kalahati lamang ng taas ng dingding ng tabernakulo, ang tolda ay kitang-kita ng mga tao sa labas. Sa patio, na malapit sa pasukan, ay naroon ang tansong dambana ng handog na susunugin. Sa dambanang ito sinusunog ang lahat ng mga hain sa pamamagitan ng apoy na ukol sa Panginoon, sa mga sungay nito iwiniwisik ang dugong pantubos. Sa pagitan ng dambana at ng pinto ng tabernakulo ay naroon ang hugasan, na yari din sa tanso, galing sa mga salamin na naging malayang handog ng mga babae ng Israel. Sa hugasan ang mga saserdote ay naghuhugas ng kanilang mga kamay at paa sa tuwing sila ay papasok sa mga banal na dako, o tuwing lalapit sa dambana upang maghain ng handog na susunugin ukol sa Panginoon.

Sa unang silid, o banal na dako, ay naroon ang dulang ng tinapay na handog, ang kandelero, o lagayan ng ilaw, at ang dambana ng kamangyan. Ang dulang ng tinapay na handog ay nasa gawing hila- ga. May napapalamutiang ibabaw, iyon ay balot ng purong ginto. Sa dulang na ito ang mga saserdote tuwing Sabbath ay naglalagay ng labindalawang tinapay, nakaayos sa dalawang patas, at winisikan ng kamangyan. Ang mga tinapay na inalis, sapagkat itinuturing na banal, ay kakainin ng mga saserdote. Sa gawing timog ay ang kan- delerong may pitong sanga, na may pitong ilawan. Ang mga sangang yaon ay napapalamutian ng mga bulaklak na maganda ang pagkakagawa, na mukhang mga lirio, at ang buong iyon ay yari mula sa isang buong piraso ng ginto. Doon sapagkat walang mga bintana ang tabernakulo, ang mga ilawan kailanman ay hindi pinapatay ng sabay- sabay, at nagbibigay ng kanilang liwanag araw at gabi. Malapit sa lambong na naghihiwalay sa banal na dako mula sa kabanal-banalang dako at kinaroroonan ng presensya ng Dios, naroon ang gintong dambana ng kamangyan. Sa dambanang ito ang mga saserdote ay nagsusunog ng kamangyan tuwing umaga at gabi; ang mga sungay nito ay dinadampian ng dugo ng handog

ukol sa kasalanan, at iyon ay winiwisikan ng dugo sa dakilang Araw ng Pagtubos. Ang apoy sa dambanang ito ay sinisindihan mismo ng Dios at pinakaii-ngatang banal. Araw at gabi ang halimuyak ng banal na kamangyan ay kumakalat sa bawat bahagi ng mga banal na silid, maging sa labas, malayo sa palibot ng tabernakulo. [409]

Sa kabila ng lambong sa loob ay ang kabanal-banalang dako, [410]
kung saan nakasentro ang mapaglarawang serbisyo ng pagtubos
at pama- magitan, at kung saan nabubuo ang dakong ugnayan sa [411]
pagitan ng langit at ng lupa. Sa silid na ito nakalagay ang kaban, isang kahon na yari sa akasia na nababalutan sa loob at sa labas ng ginto, at may- roong koronang ginto sa ibabaw. Iyon ay ginawang lagayan ng mga tapyas ng bato, na kinaroroonan ng Sampung Utos na ang Dios mismo ang nagsulat. Kaya't iyon ay tinawag na kaban ng patotoo ng Dios, o kaban ng tipan, sapagkat ang Sampung Utos ay batayan ng tipan ng Dios at ng Israel.

Ang takip ng banal na kahon ang tinawag na luklukan ng awa. Ito ay yari sa isang buong piraso ng ginto, at may nakapatong na queru- bing ginto, isa ang nakatayo sa bawat dulo. Ang isang pakpak ng bawat anghel ay nakaunat sa itaas, samantalang ang isa naman ay nakatakip sa katawan (tingnan ang Ezekiel 1:11) bilang tanda ng paggalang at pagpapakumbaba. Ang posisyon ng querubin, na mag- kaharap sa isa't-isa, at magalang na nakatingin sa ibaba sa kaban, ay inihahayag kung paano iginagalang ng mga naninirahan sa langit ang kautusan ng Dios at ang kanilang interes sa panukala ng pagtubos.

Sa itaas ng luklukan ng awa ay naroon ang Shekinah, ang pagpapahayag ng pakikiharap ng Dios; at mula sa pagitan ng mga querubin, ay ipinapahayag ng Dios ang Kanyang kalooban. Minsan ang mga mensahe ng Dios ay inihahayag sa mga saserdote sa pamamagitan ng isang tinig mula sa ulap. Minsan isang liwanag ang tatama sa anghel sa kanan, upang maghayag ng pagsang-ayon o pagtanggap, o kaya'y isang lilim o ulap ang iibabaw sa isa na nasa kaliwa upang magpaha- yag ng di pagsang-ayon o ng pagtanggi.

Ang kautusan ng Dios, na nakalagay sa loob ng kaban, ang dakilang batas ng katuwiran at kahatulan. Ang kautusang iyon ay nagpapataw ng kamatayan sa sumusuway; subalit sa itaas ng kautusang iyon ay naroon ang luklukan ng awa, kung saan ang presensya ng Dios ay nahahayag, at mula doon, sa pamamagitan ng pagtubos, ang

pagpapatawad ay ibinibigay sa nagsisising makasalanan. Gano'n din sa gawain ni Kristo para sa ating ikaliligtas, sinisimbolohan ng serbisyo sa santuwario. "Kaawaan at katotohanan ay nagsalubong; katuwiran at kapayapaan ay naghalikan." Awit 85:10.

Walang salitang makapaglalarawan sa kaluwalhatiang makikita
[412] sa loob ng santuwario—ang mga ginintuang dingding na nasisinagan ng liwanag mula sa kandelero, ang matingkad na mga kulay burdadong mga kurtina at ng nagniningning na mga anghel, ang dulang, at ang dambana ng kamangyan, nagkikinangang ginto; sa kabila ng ikala- wang lambong ang banal na kaban, at ang mahiwagang mga querubin, at sa itaas noon ang Shekinah, ang nakikitang pagpapahayag ng presensya ni Jehova; ang lahat ay pawang isang malabong anino ng kaluwalhatian ng templo ng Dios sa langit, ang dakilang sentro ng gawain para sa ikaliligtas ng tao.

Halos kalahating taon ang ginugol sa pagtatayo ng templo. Nang iyon ay matapos, sinuri ni Moises ang lahat ng ginawa ng mga manggagawa, ikinukumpara iyon sa halimbawang ipinakita sa kanya sa bundok at sa mga tagubiling tinanggap niya mula sa Dios. "Kung paanong iniutos ng Panginoon ay gayon nila ginawa: at pinagbabasbasan ni Moises." May matamang kasabikan ang mga karamihan ng Israel ay nagsiksikan sa palibot upang tingnan ang banal na gusali. Samantalang kanilang minumuni-muni ang tanawin na may magalang na pagkasiya, ang haliging ulap ay tumapat sa ibabaw ng santuwario, bumaba, at sinakluban iyon. "At pinuno ng Panginoon ng kaluwalhatian ang tabernakulo." Nagkaroon ng pagpapahayag ng karilagan ng Dios, at nagkaroon ng panahon na maging si Moises ay hindi maaaring pumasok. May malalim na damdaming minasdan ng bayan ang tanda na ang gawa ng kanilang mga kamay ay tinanggap. Walang malakas na pagpapahayag ng kagalakan. Isang solemneng pagkamangha ang nanahan sa bawat isa. Subalit ang kagalakan ng kanilang mga puso ay umapaw sa pamamagitan ng mga luha ng kagalakan, at sila'y matahimik na nag-usapan, ng taimtim na mga salita ng pasasalamat na ang Dios ay bumaba upang tumahan kasama nila.

Ipinag-utos ng Dios na ang lipi ni Levi ay ibukod para sa paglilingkod sa santuwario. Noong kauna-unahang mga panahon ang bawat lalaki ang saserdote ng sarili niyang sambahayan. Noong mga panahon ni Abraham ang pagkasaserdote ay ibinibilang na karapatan

ng pagkapanganay ng pinakapanganay na anak na lalaki. Ngayon, sa halip na ang lahat ng panganay ng buong Israel, tinanggap ng Panginoon ang lipi ni Levi para sa gawain ng santuwario. Sa pamamagitan ng hayag na pagpaparangal na ito ay ipinakita Niya ang Kanyang pagsang-ayon sa kanilang katapatan, kapwa sa pananatili sa paglil- [413]
ingkod sa kanila at sa pagsasakatuparan ng Kanyang mga kahatulan nang ang Israel ay tumalikod sa pamamagitan ng pagsamba sa gintong guya. Ang pagkasaserdote, gano'n pa man, ay para lamang sa sambahayan ni Aaron. Si Aaron at ang kanyang mga anak lamang ang pinahintulutang maglingkod sa harap ng Panginoon; ang ibang kalipi ay pinagkatiwalaan ng pag-iingat sa tabernakulo at sa mga kagamitan doon, at sila ay tutulong sa mga saserdote sa kanilang paglilingkod, subalit hindi sila maaaring maghain, o magsunog ng kamangyan, o tumingin sa mga banal na bagay hanggang hindi sila natatakluban.

Sang-ayon sa kanilang tungkulin, isang natatanging kasuotan ang itinalaga sa mga saserdote. "Gumawa ka ng banal na kasuotan ni Aaron na iyong kapatid na ikaluluwalhati at ikagaganda," ang iniutos ng Dios kay Moises. Ang damit ng pangkaraniwang saserdote ay linong puti, at linala upang maging isang piraso. Iyon ay umaabot halos sa paa at ikinapit sa baywang ng isang linong puti na pamigkis na may burdang bughaw, kulay ube, at pula. Isang linong turbante, o mitra, ang bumubuo sa kanyang panlabas na kasuotan. Si Moises sa nasusunog na mababang punong kahoy ay inutusan upang hubarin ang kanyang panyapak, sapagkat ang lugar na kanyang kinatatayuan ay banal. Kaya't ang mga saserdote ay di dapat pumasok sa santuwaryo na nakapanyapak. Ang maliliit na alikabok na nakakapit sa kanila ay maaaring makapagparumi sa banal na dako. Ang kanilang mga panyapak ay kinakailangang iwan sa patio bago pumasok ng santuwaryo, at saka maghugas ng kanilang mga kamay at paa bago maglingkod sa tabernakulo o sa dambana ng handog na susunugin. Sa gano'ng paraan ay itinuturo palagi na ang lahat ng karumihan ay kinakailangang maalis mula doon sa lumalapit sa presensya ng Dios.

Ang mga damit ng punong saserdote ay yari sa mamahaling tela at maganda ang pagkakagawa, angkop sa kanyang mataas na katayuan. Bilang karagdagan sa linong damit ng pangkaraniwang saserdote, siya ay nagsusuot ng damit na bughaw, na linala rin upang

maging isang piraso. Sa paligid ng laylayan ay napapalamutian ng mga gintong kampanilya rin upang maging isang piraso. Sa paligid ng laylayan ay napapalamutian ng mga gintong kampanilya, granadang kayong bughaw, at kulay ube, at pula. Sa labas nito ay ang epod, isang mas maiksing damit na kulay ginto, bughaw, kulay ube, pula, at puti. Iyon ay ikinakapit na isang pamigkis na gano'n
[414] din ang mga kulay, na maganda ang pagkakagawa. Ang epod ay walang manggas, at sa mga balikat nito na may palamuting ginto ay may nakalagay na dalawang onix na bato, na may mga pangalan ng labindalawang lipi ng Israel.

Sa ibabaw ng epod ay ang pektoral, ang pinakabanal sa kasuutan ng saserdote. Ang tela nito ay tulad rin sa epod. Ang hugis nito ay parisukat, na may isang dangkal, at nakabitin mula sa mga balikat sa pamamagitan ng isang panaling bughaw na nakabit sa mga gintong singsing. Ang gilid nito ay binubuo ng iba't-ibang mahahalagang bato na katulad ng bumubuo sa labindalawang pinagsasaligan ng lungsod ng Dios. Nakapaloob sa gilid ang labindalawang bato na nakalagay sa ginto, nakaayos sa apat na hanay, at, gaya noong nakalagay sa balikat, ay nakaukit ang mga pangalan ng mga lipi. Iniutos ng Panginoon na, "Dadalhin ni Aaron sa kanyang sinapupunan ang mga anak ni Israel na nasa pektoral ng kahatulan pagka siya'y pu- mapasok sa dakong banal, na pinakaalaala sa harap ng Panginoon, na palagi." Exodo 28:29. Gano'n din naman si Kristo, ang dakilang Punong Saserdote, na nakildusap ang Kanyang dugo sa harap ng Ama para sa makasalanan, nakaukit sa Kanyang puso ang pangalan ng bawat nagsisisi, at sumasampalatayang kaluluwa. Wika ng mang- aawit, "Ako'y dukha at mapagkailangan; gayon ma'y inaalaala ako ng Panginoon." Awit 40:17.

Sa kanan at sa kaliwa ng pektoral ay may dalawang malalaking bato na napakakinang. Ang tawag sa mga ito ay Urim at Tummim. Sa pamamagitan nito inihahayag ng Dios ang Kanyang kalooban sa punong saserdote. Kapag may mga katanungang nangangailangan ng kapasyahan na dinadala sa Panginoon, isang sinag ng liwanag ang sumisinag sa nasa kanan bilang tanda ng pagsang-ayon o pagtanggap ng Dios, samantalang ang isang ulap na aanino sa nasa kaliwa ay katibayan ng pagtanggi o di pagsang-ayon.

Ang mitra ng punong saserdote ay turbanteng linong puti, sa pamamagitan ng isang listong bughaw, ay may nakadikit na ginto na

ang nakaukit doon ay, "Banal sa Panginoon." Bawat kasuutan at ayos ng saserdote ay kinakailangang makapagbigay ng impresyon sa tumitingin ng isang pagkadama ng kabanalan ng Dios, ang kabanalan ng pagsamba sa Kanya, at ang kadalisayang kinakailangan noong mga lumalapit sa Kanyang harapan.

Hindi lamang ang santuwario mismo, kundi pad ang paglilingkod ng saserdote, ang "nangaglilingkod sa anyo at anino ng [415] mga bagay sa kalangitan." Hebreo 8:5. Kaya't iyon ay napakahalaga; at ang Panginoon, sa pamamagitan ni Moises, ay nagbigay ng pinakatiyak at pinakamaliwanag na tagubilin tungkol sa bawat bahagi ng aninong paglilingkod na ito. Mayroong dalawang uri ng paglilingkod sa santuwario, isang pang araw-araw at isang taunan. Ang pang araw-araw na paglilingkod ay isinasagawa sa dambana ng handog na susunugin sa patio ng tabernakulo at sa banal na dako; samantalang ang taunang paglilingkod ay sa kabanal-banalang dako.

Walang mata ninoman kundi ang sa punong saserdote ang maaaring tumingin sa kaloob-loobang bahagi ng santuwario. Minsan lamang sa isang taon makapapasok doon ang saserdote, at iyon ay pagkatapos pa ng pinakamaiingat at solemneng paghahanda. Nanginginig siyang pumapasok sa harapan ng Dios, at ang bayan sa isang magalang na katahimikan ay naghihintay sa kanyang pagbabalik, ang kanilang mga puso ay nangakatuon sa itaas sa taimtim na panana- langin para sa pagpapala ng Dios. Sa harap ng luklukan ng awa ang punong saserdote ay nagsasagawa ng pagtubos para sa Israel; at sa ulap ng kaluwalhatian, ang Dios ay nakikipagtagpo sa kanya. Ang kanyang pananatili dito ng higit sa pangkaraniwan ay kanilang pina- ngangambahan, dahil baka sa kanilang mga kasalanan o sa sarili ni- yang kasalanan siya ay namatay na sa kaluwalhatian ng Panginoon.

Ang araw-araw na paglilingkod ay binubuo ng pang-umaga at panggabing handog na susunugin, ang paghahandog ng mabangong kamangyan sa dambanang ginto, at ang mga tanging handog para sa kasalanan. At mayroon ding mga paghahandog kung bagong buwan, at natatanging mga pista.

Bawat umaga at gabi isang kordero na isang taon ang gulang ang sinusunog sa dambana, kasama ang angkop na handog na laman, sa ganoong paraan ay inilalarawan ang araw-araw na pagtatalaga ng bayan kay Jehova, at ang patuloy na pananalig nila sa pantu-

bos na dugo ni Kristo. Malinaw na ipinag-utos ng Dios na ang bawat handog na ipagkakaloob sa serbisyo ng santuwaryo ay kinakailangang "walang kapintasan." Exodo 12:5. Kinakailangang suriin ng mga saserdote ang bawat hayop na dinadala bilang hain, at kinakailangang tanggihan ang bawat isa na may masusumpungang kapintasan. Yaon lamang handog na "walang kapintasan" ang maaaring maging sim- bolo ng Kanyang sakdal na kadalisayan na
[416] maghahandog ng Kan- yang sarili bilang isang "korderong walang kapintasan at walang du- ngis." 1 Pedro 1:19. Si apostol Pablo ay tinukoy ang mga haing ito bilang paglalarawan ng kinakailangang mangyari sa mga tagasunod ni Kristo. Wika niya, "Kaya nga mga kapatid, ipinamamamanhik ko sa inyo, alang-alang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaaya-aya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba." Roma 12:1. Kinakailangang ipagkaloob natin ang ating mga sarili sa paglilingkod sa Dios, at kinakailangang sikapin natin na maging sakdal ang ating handog hanggat maaari. Ang Dios ay hindi masisiyahan sa anomang hindi aabot sa pinakamabuti nating maihahandog. Yaong mga umi- ibig sa Kanya nang buong puso, ay nanaising ibigay sa Kanya ang pinakamabuting paglilingkod ng buhay, at patuloy nilang sisikaping ang bawat kapangyarihan ng kanilang pagkatao ay maiangkop sa mga kautusang makapagpapabuti sa kanilang kakayanan upang gawin ang Kanyang kalooban.

Sa paghahandog ng kamangyan ang saserdote ay nadadala sa pinakatapat ng presensya ng Dios kaysa ibang gawain sa araw-araw na paglilingkod. Sapagkat ang pangloob na lambong ay hindi umaabot sa itaas ng gusali, ang kaluwalhatian ng Dios na nasa ibabaw ng luklukan ng awa, ay medyo nakikita sa unang silid. Kapag ang mga saserdote ay naghahandog ng kamangyan sa harap ng Panginoon, siya ay humaharap sa kinaroroonan ng kaban; at samantalang ang ulap ng kamangyan ay tumataas, ang kaluwalhatian ng Dios ay bumababa sa luklukan ng awa at pinupuno ang kabanal-banalang dako, at malimit ay pinupuno ang dalawang silid ano pa't ang saserdote ay napipilitang bumalik sa pintuan ng tabernakulo. Kung paanong sa aninong paglilingkod ang saserdote ay tumitinging may pananam- palataya sa luklukan ng awa na hindi niya maaaring makita, gano'n din naman ang bayan ng Dios ngayon kinakailangang iharap ang kanilang mga dalangin kay Kristo, ang kanilang dakilang

Punong Saserdote, na, lingid sa paningin ng tao, ay nakikipag-usap para sa kanilang kapakanan sa santuwario sa langit.

Ang kamangyan, na pumapanhik taglay ang mga dalangin ng Israel, ay kumakatawan sa mga kabutihan at pamamagitan ni Kristo, sa Kanyang sakdal na katuwiran, na sa pamamagitan ng pananampalataya ay iginagawad sa Kanyang bayan, at sa pamamagitan noon lamang ang pagsamba ng mga nagkasalang nilalang ay maaaring [417] maging kaaya-aya sa Dios. Sa harap ng lambong ng kabanal-banalang dako naroon ang dambana ng nagpapatuloy na pamamagitan, sa harap ng banal, na isang dambana ng nagpapatuloy na pagtubos. Sa pamamagitan ng kamangyan at sa pamamagitan ng dugo maaaring malapitan ang Dios—mga halimbawang tumutukoy sa dakilang Tagapamagitan, na sa pamamagitan Niya ang mga makasalanan ay maaaring lumapit kay Jehova, at sa pamamagitan lamang Niya ang kaawaan at kaligtasan ay maipagkakaloob sa nagsisisi, at sumasampalatayang kaluluwa.

Sa pagpasok ng saserdote sa umaga at sa hapon sa banal na dako sa oras ng kamangyan, ang pang araw-araw na sakripisyo ay handa nang maihandog sa dambana sa patio sa labas. Ito ay panahon ng matinding pananabik sa mga sumasamba ng natipon sa tabernakulo. Bago pumasok sa presensya ng Dios sa pamamagitan ng paglilingkod ng saserdote, sila ay kinakailangang magkaroon ng taimtim na pag- sasaliksik ng puso at pagpapahayag ng kasalanan. Samasama silang nananalangin ng tahimik, na ang kanilang mga mukha ay nakaharap sa banal na dako. Kaya't ang kanilang mga dalangin ay pumapanhik kasama ng ulap ng kamangyan, samantalang ang pananampalataya ay nanghahawak sa kabutihan ng ipinangakong Tagapagligtas na inilalarawan ng sakripisyong pantubos. Ang mga oras na itinalaga para sa pagsasakripisyo sa umaga at sa gabi ay itinuturing na banal, at nangyaring iyon ang iningatan bilang oras ng pagsamba sa buong bansa ng mga Hudyo. At nang mga huling panahon nang ang mga Hudyo ay nangalat bilang mga alipin sa mga malalayong lugar, kanila pa ring inihaharap ang kanilang mga mukha sa Jerusalem at bumabanggit ng kanilang mga dalangin sa Dios ng Israel. Sa kauga- liang ito ang mga Krisriano ay may halimbawa ng pagsamba sa umaga at sa gabi. Samantalang ikinamumuhi ng Dios ang pawang sere- monya lamang, na walang espiritu ng pagsamba, tumitingin Siya ng may malaking kaluguran doon

sa mga umiibig sa Kanya, yumuyuko sa umaga at sa gabi upang humingi ng patawad sa mga kasalanang nagawa at upang maghayag ng kahilingan para sa mga kailangang pagpapala.

Ang tinapay na handog ay pinapanatili sa harap ng Panginoon bilang isang nagpapatuloy na handog. Kaya't iyon ay bahagi ng pang araw-araw na pagsasakripisyo. Iyon ay tinawag na tinapay ng pagpa- pakita, o "tinapay ng presensya," sapagkat iyon ay parating
[418] nasa harap ng Panginoon. Iyon ay isang pagkilala ng pag-asa ng tao sa Dios kapwa para sa temporal at espirituwal na pagkain, at iyon ay tinatanggap lamang dahil sa pamamagitan ni Kristo. Pinakain ng Dios ang Israel sa ilang ng tinapay mula sa langit, at sila ay umaasa pa rin sa Kanyang kagandahang loob, kapwa para sa temporal at espirituwal na mga pagpapala. Kapwa ang mana at ang tinapay ng pagpapaldta ay tumutukoy kay Kristo, ang buhay na Tinapay, na palaging nasa harap ng Dios para sa atin. Siya ang tuwirang nagsabi, "Ako ang tinapay na buhay na bumabang galing sa langit." Juan 6:48-51. Ang kamangyan ay inilalagay sa mga tinapay. Kapag ang tinapay ay inaalis tuwing Sabbath, upang palitan ang bagong tinapay, ang kamangyan ay sinusunog sa dambana bilang isang alaala sa harap ng Dios.

Ang pinakamahalagang bahagi ng araw-araw na paglilingkod ay ang paglilingkod na pang-isahan. Ang nagsisising makasalanan ay nagdadala ng kanyang handog sa harap ng pintuan ng tabernakulo, at, inilalagay ang kanyang kamay sa ulo ng biktima, inihahayag ang kanyang mga kasalanan, kaya't anyong inililipat mula sa kanya tungo sa inosenteng hain. Sa pamamagitan ng sarili niyang kamay ang hayop ay pinapatay, at ang dugo ay dinadala ng saserdote sa banal na dako at iwiniwisik sa harap ng lambong, sa likod noon ay naroon ang kaban na naglalaman ng kautusang sinalangsang ng nagkasala. Sa seremonyang ito ang kasalanan, sa pamamagitan ng dugo, ay anyong inililipat sa santuwario. Sa ilang pagkakataon ang dugo ay hindi dinadala sa banal na dako;(Tingnan ang Apendiks, Nota 6.) subalit ang laman ay kakainin ng saserdote, gaya ng iniutos ni Moises sa mga anak ni Aaron, na nagsasabing, "sa inyo'y ibinigay upang dalhin ang kasamaan ng kapisanan." Levitico 10:17. Ang mga seremonyang iyon ay parehong naglalarawan ng paglilipat ng kasalanan mula sa nagsisisi tungo sa santuwario.

Gano'n ang gawaing isinasagawa araw-araw sa buong taon. Ang mga kasalanan ng Israel sa gano'ng paraan ay inililipat sa santuwario, ang mga banal na dako ay narurumihan, at isang natatanging gawain ang kinakailangan upang maalis ang mga kasalanan. Iniutos ng Dios na isang pagtubos ang isagawa para sa bawat banal na silid, gano'n din sa altar, upang "linisin at banalin dahil sa mga karumalan ng mga anak ni Israel." Levitico 16:19.

Minsan sa isang taon, sa dakilang Araw ng Pagtubos, ang saserdote ay pumapasok sa kabanal-banalang dako para sa paglilinis ng [419]
santuwario. Ang gawaing isinasagawa doon ang tumatapos sa isang taon ng paglilingkod.

Sa Araw ng Pagtubos dalawang batang kambing ang dinadala sa may pintuan ng tabernakulo, at ginagawa ng pagsasapalaran, "ang isang kapalaran ay sa Panginoon at ang isang kapalaran ay kay Azazel." Ang kambing na matatapatan ng unang kapalaran ay papatayin bilang pinakahandog para sa kasalanan ng bayan. At dadalhin ng saserdote ang dugo noon sa loob ng lambong at iwiwisik iyon sa ibabaw ng luklukan ng awa. "At itutubos niya sa dakong banal dahil sa mga karumalan ng mga anak ni Israel, at dahil sa kanilang mga pag- salangsang, sa makatuwid baga'y sa lahat nilang kasalanan: at gayon ang kanilang gagawin sa tabernakulo ng kapisanan na nasa kanila, sa gitna ng kanilang mga karumalan."

"At ipapatong ni Aaron ang kanyang dalawang kamay sa ulo ng kambing na buhay, at isasaysay sa ibabaw niyaon ang lahat ng mga kasamaan ng mga anak ni Israel, at lahat ng kanilang mga pagsalangsang, lahat ng kanilang mga kasalanan; at ilalagay niya sa ulo ng kambing, at ipadadala sa ilang sa pamamagitan ng kamay ng isang taong handa: at dadalhin ng kambing ang lahat ng mga kasamaan nila, sa lupaing hindi tinatahanan." Hanggang ang kambing ay di gaano'ng napapawalan ay di itinuturing ng bayan na sila'y malaya na sa pagpasan ng kanilang mga kasalanan. Ang bawat isa ay kinakailangang mahapis ang kaluluwa samantalang ang gawain ng pagtubos ay isinasagawa. Ang lahat ng mga hanapbuhay ay itinatabi, at ang buong kapisanan ng Israel ay gugugulin ang araw na iyon sa isang solemneng pagpapakumbaba sa harap ng Dios, na may pagdalangin, pag-aayuno, at malalim na pagsasaliksik ng puso.

Mahahalagang katotohanan tungkol sa pagtubos ang itinuturo sa bayan ng taunang serbisyo. Sa handog ukol sa kasalanan na

dinadala sa loob ng taon, isang kahalili ang tinatanggap sa lugar ng nagkasala; subalit ang dugo ng biktima ay hindi gumagawa ng ganap na pagtubos para sa kasalanan. Iyon ay nagkaloob lamang ng paraan upang ang kasalanan ay mailipat sa santuwario. Sa pamamagitan ng paghahandog ng dugo, ay kinikilala ng nagkasala ang awtoridad ng kautusan, tinatanggap ang kasalanan ng kanyang pagsalangsang, at inihahayag ang kanyang pananampalataya sa Kanya na mag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan; subalit hindi pa siya lubos na malaya mula
[420] sa paggagawad ng hatol ng kautusan. Sa Araw ng Pagtubos ang punong saserdote, pagkatanggap ng handog para sa kapisanan, ay pumapasok sa kabanal-banalang dako dala ang dugo at iwiniwisik iyon sa ibabaw ng luklukan ng awa, sa ibabaw ng mga tapyas ng kautusan. Sa gano'ng paraan ang mga kahilingan ng kautusan, na umaangkin sa buhay ng nagkasala, ay naipagkakaloob. At sa Kanyang pagiging Tagapamagitan kinukuha ng saserdote ang mga kasalanan, at, iniiwan ang santuwario, dala ang pasanin ng kasalanan ng Israel. Sa pinto ng tabernakulo ay ipinapatong niya ang kanyang mga kamay sa ulo ng azazel at isinasaysay sa ibabaw niya ang "lahat ng mga kasamaan ng mga anak ni Israel, at lahat ng kanilang mga pagsalangsang, lahat ng kanilang mga kasalanan; at ilalagay niya sa ulo ng kambing." At sa pagpapalayas sa kambing na nagtataglay ng mga kasalanan, ang mga iyon, ay taglay niya, at itinuturing na pang-walang hanggang nawalay mula sa bayan. Gano'n ang serbisyong isinasagawa bilang "anyo at anino ng mga bagay sa kalangitan." Hebreo 8:5.

Gaya ng nabanggit, ang santuwario sa lupa ay ginawa ni Moises ayon sa tularang ipinakita sa kanya sa bundok. Iyon ay "isang talin- haga ng panahong kasalukuyan; ayon dito ay inihahandog ang mga kaloob at ang mga hain;" ang dalawang mga banal na silid niyaon ay "anyo ng mga bagay sa sangkalangitan;" si Kristo, ang ating dakilang Punong Saserdote, ay isang "ministro sa santuwario, at sa tunay na tabernakulo, na itinayo ng Panginoon, hindi ng tao." Hebreo 9:9, 23; 8:2. Samantalang nasa isang pangitain ang apostol na si Juan ay pinatanaw sa templo ng Dios sa langit, nakakita siya doon ng "pitong ilawang apoy na mga nagliliyab sa harapan ng luklukan." Nakakita siya doon ng isang anghel "na may hawak na isang gintong pangsuob ng kamangyan; at binigyan siya ng maraming kamangyan, upang idagdag ito sa mga panalangin ng lahat ng mga

banal sa ibabaw ng dambanang ginto, na nasa harapan ng luklukan." Apocalipsis 4:5; 8:3. Dito ang propeta ay pinahintulutang makita ang unang silid ng santuwario sa langit; at nakita niya doon ang "pitong ilawang apoy" at ang "gintong dambana" na kinakatawanan ng kandelerio at ng dambana ng kamangyan sa santuwario sa lupa. At muli, "nabuksan ang templo ng Dios" (Apocalipsis 11:19), at siya'y tumingin sa dakong loob ng lambong, sa kabanal-banalang dako. Dito ay nakita niya "ang kaban ng Kanyang tipan" (Apocalipsis 11:19), kinakatawanan ng banal na kaban na ginawa ni Moises upang paglagyan ng kautusan ng Dios. [421]

Ginawa ni Moises ang santuwario sa lupa, "alinsunod sa anyo na kanyang nakita." Ipinahayag ni Pablo na "ang tabernakulo at ang lahat ng mga kasangkapan sa pangangasiwa," nang matapos, ay mga "anyo ng mga bagay sa sangkalangitan." Gawa 7:44; Hebreo 9:21, 23. At sinabi ni Juan na kanyang nakita ang santuwario sa langit. Ang santuwaryong yaon na kung saan si Kristo ay nangangasiwa para sa atin, ay ang dakilang pinagtularan, na doon ginawa ang santuwaryong ginawa ni Moises.

Ang templo sa langit, ang dakong tinitirahan ng Hari ng mga hari, kung saan "libu-libo ang naglilingkod sa Kanya, at makasampung libo ang nagsitayo sa harap Niya" (Daniel 7:10), ang templong iyon na puspos ng kaluwalhatian ng walang hanggang luklukan, kung saan ang mga serapin, ang mga nagniningning na mga bantay noon, ay nagtatakip ng kanilang mga mukha sa pagpuri—walang ano mang gawa sa lupa ang makapaglalarawan ng kalakihan at kaluwalhatian noon. Gano'n pa man ang mahahalagang katotohanan tungkol sa santuwaryo sa langit at sa dakilang gawain doon para sa ikaliligtas ng tao ay kinakailangang maituro ng santuwaryo sa lupa at ng mga paglilingkod doon.

Nang Siya'y umakyat, ang ating Tagapagligtas ay magsisimula ng Kanyang gawain bilang ating Punong Saserdote. Wika ni Pablo, "Hindi pumasok si Kristo sa dakong banal na ginawa ng mga kamay, na kahalintulad lamang ng tunay; kundi sa talagang langit, upang humarap ngayon sa harapan ng Dios dahil sa atin." Hebreo 9:24. Kung paanong ang pangangasiwa ni Kristo ay mayroong dalawang dakilang bahagi, na bawat isa ay mayroong nakatakdang panahon at mayroong angkop na lugar sa santuwaryo sa langit, gano'n din na- man ang aninong pangangasiwa ay may dalawang uri, ang pang-

araw-araw at pangtaunang paglilingkod, at sa bawat isa ay may na- katalagang isang silid ng tabernakulo.

Kung paanong si Kristo sa Kanyang pag-akyat ay humarap sa presensya ng Dios upang ipakiusap ang Kanyang dugo para sa nagsi- sising mananampalataya, gano'n din naman ang saserdote sa araw- araw na paglilingkod iwiniwisik ang dugo ng hain sa banal na dako para sa makasalanan.

Ang dugo ni Kristo, samantalang iyon ay nagpapalaya sa nagsisi-
[422] sing makasalanan mula sa sumpa ng kautusan, ay hindi nagpapawala sa kasalanan; iyon ay nananatiling nakatala sa santuwaryo hanggang sa wakas ng pagtubos; gano'n din naman sa anino ang dugo ng handog ukol sa kasalanan ay nag-aalis ng kasalanan mula sa nagsisisi subalit iyon ay nananatili sa santuwaryo hanggang sa Araw ng Pagtubos.

Sa dakilang araw ng huling ganti, kung kailan ang mga patay ay "hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa." Apocalipsis 20:12. At sa pamamagitan ng du- gong pantubos ni Kristo, ang mga kasalanan ng lahat ng tunay na nagsisisi ay papawiin mula sa mga aklat ng langit. Sa gano'ng paraan ang santuwaryo ay napalalaya, o nalilinis, ang talaan ng mga kasalanan. Sa anino, ang dakilang gawaing ito ng pagtubos, o pagpawi ng mga kasalanan, ay kinakatawanan ng mga paglilingkod sa Araw ng Pagtubos—ang paglilinis ng santuwario sa lupa, na naisasakatuparan sa pamamagitan ng pag-aalis, sa pamamagitan ng dugo ng handog ukol sa kasalanan, sa mga kasalanang nakarumi doon.

Kung paanong sa wakas ng pagtubos ang mga kasalanan ng mga tunay na nagsisisi ay inaalis mula sa mga talaan sa langit, na di na kailanman maaalaala o maiisaisip, gano'n din naman sa anino ng mga iyon ay dadalhin palayo tungo sa ilang, nawalay ng pang walang hanggan mula sa kapisanan.

Sapagkat si Satanas ang pinagmulan ng kasalanan, ang tuwirang tagapag-udyok ng lahat ng mga kasalanang naging sanhi ng pag- kamatay ng Anak ng Dios, ang katarungan ay nag-uutos na si Satanas ay magdudusa sa huling pagpaparusa. Ang gawain ni Kristo sa pagliligtas ng tao at sa paglilinis ng sansinukob dahil sa kasalanan ay magtatapos sa pamamagitan ng pag-aalis ng kasalanan mula sa santuwaryo sa langit at paglalagay ng mga kasalanang ito kay

Satanas, na siyang magdadala ng huling kaparusahan. Kaya't sa aninong paglilingkod, ang pang isang taong paglilingkod ay nagtatapos sa paglilinis ng santuwaryo, at pagpataw ng mga kasalanan sa ulo ng azazel.

Kaya't sa pangangasiwa ng tabernakulo, at ng templo na nang dumating ang panahon ay humalili doon, ang bayan ay naturuan araw-araw ng mga dakilang katotohanan kaugnay ng pagkamatay ni Kristo at pangangasiwa, at minsan sa isang taon ang kanilang mga kaisipan ay inihahatid sa hinaharap sa pangwakas na mga magaganap sa dakilang tunggalian ni Kristo at ni Satanas, ang huling paglilinis ng sansinukob dahil sa kasalanan at mga makasalanan. [423]

## Kabanata 31—Ang Kasalanan ni Nadab at ni Abihu

Ang kabanatang ito ay batay sa Levitico 10:1-11.

Matapos maitalaga ang tabernakulo, ang mga saserdote ay itinala- ga sa kanilang banal na gawain. Ang mga paglilingkod na ito ay gumugol ng pitong araw, na ang bawat araw ay may natatanging seremonya. Nang ika-walong araw sila ay pumasok sa kanilang pangangasiwa. Tinulungan ng kanyang mga anak, si Aaron ay naghandog ng hain na ipinag-utos ng Panginoon, at kanyang itinaas ang kanyang mga kamay at binasbasan ang bayan. Ang lahat ay isinagawa ayon sa ipinag-utos ng Panginoon, at Kanyang tinanggap ang hain, at ipinahayag ang Kanyang kaluwalhatian sa isang kapansin-pansing paraan; ang apoy ay dumating mula sa Panginoon at tinupok ang hain sa dambana. Minasdan ng bayan ang kahanga-hangang pagpapahayag na ito ng kapangyarihan ng Dios na may pagkamangha at matamang pagmamasid. Nakita nila doon ang isang tanda ng kaluwalhatian at kaluguran ng Dios, at sila'y nagtaas ng isang pang- sangsinukob na sigaw ng pagpuri at paghanga at isinubsob ang kanilang mga mukha na tila malapit sila sa presensya ni Jehova.

Subalit di nagtagal, matapos iyon isang bigla at kakilakilabot na sakuna ang naganap sa pamilya ng punong saserdote. Sa panahon ng pagsamba, samantalang ang mga dalangin at papuri ng bayan ay umaakyat sa Dios, dalawa sa mga anak ni Aaron ang kapwa kinuha ang kanilang suuban at nagsunog ng mabangong kamangyan doon, upang umakyat bilang mabangong samyo sa harap ng Panginoon. Subalit sinuway nila ang Kanyang utos sa pamamagitan ng paggamit ng "ibang apoy." Sa pagsusunog ng kamangyan ay kumuha sila ng pangkaraniwan sa halip na banal na apoy na ang Dios mismo ang nagsindi, na Kanyang iniutos na gamitin sa layuning ito. Para sa kasalanang ito isang apoy ang lumabas mula sa Panginoon at tinupok sila sa paningin ng bayan.

Sunod kay Moises at Aaron, si Nadab at si Abihu ay tumindig na pinakamataas sa Israel. Sila'y bukod tanging pinarangalan ng Panginoon, na pinahintulutan kasama ng pitumpung matatanda upang makita ang Kanyang kaluwalhatian sa bundok. Subalit ang [424] kanilang kasalanan ay hindi dapat palampasin at maliitin. Ang lahat ng ito ang nagpaging malala sa kanilang kasalanan. Sapagkat ang tao ay tumang- gap ng malaking liwanag, sapagkat, tulad sa mga prinsipe ng Israel, sila ay pumanhik sa bundok, at naging mapalad upang makipag- ugnayan sa Dios, at tumahan sa liwanag ng Kanyang kaluwalhatian, hindi nila dapat linlangin ang kanilang mga sarili na matapos iyon ay maaari silang magkasala na hindi pinarurusahan, na sapagkat sila'y pinarangalan ng gano'n na lamang, na ang Dios ay hindi magiging mahigpit sa pagpaparusa sa kanilang kasalanan. Ito ay isang naka- mamatay na pagkalinlang. Ang dakilang liwanag o ang mga karapa- tan na ipinagkaloob ay kinakailangang magsauli ng kabutihan at kabanalan ayon sa liwanag na ipinagkaloob. Ang ano mang kulang dito, ay hindi maaaring tanggapin ng Dios. Ang malaking mga pag- papala at mga karapatan ay di kailanman kailangang umindayog sa kapanatagan o pagka walang bahala. Di iyon kailanman kinakailangang maging lisensya upang gumawa ng kasalanan o maging sanhi upang ang tumanggap nito ay makadama na ang Dios ay magiging maluwag sa kanila. Ang lahat ng kahigitang ipinagkaloob ng Dios ay Kanyang mga kaparaanan upang maghatid ng kasiglahan sa espiritu, kasigasigan sa paggawa, at lakas sa pagsasakatuparan ng Kanyang banal na kalooban.

Si Nadab at si Abihu sa kanilang kabataan ay di nasanay sa mga kaugalian ng pagiging mapagpigil sa sarili. Ang disposisyon ng ama na madaling sumang-ayon, ang kanyang kakulangan ng paninindigan sa tama, ay umakay sa kanya upang kaligtaan ang pagdidisiplina sa kanyang mga anak. Ang kanyang mga anak ay pinahintulutan upang sundin ang layaw. Ang mga kaugalian ng pagpapasasa sa sarili, na matagal na ltinawilihan, ay nagkaroon ng kontrol sa kanila na maging ang responsibilidad ng pinakamahalang tungkulin ay di nagkaroon ng kapangyarihan upang supilin. Sila ay di naturuang igalang ang pamamahala ng kanilang ama, at di sila nakadama ng panganga- ilangang sundin ng lubos ang mga utos ng Dios. Ang nagkamaling pagbibigay laya ni Aaron sa kanyang mga anak ang naghanda sa kanila upang mapag-ukulan ng mga hatol ng Dios.

Layunin ng Dios na turuan ang Kanyang bayan na kinakailangang lapitan Siya na may paggalang at pagkamangha, at sa sarili Niyang itinakdang paraan. Hindi Niya maaaring tanggapin ang
[425] kapirasong pagsunod. Hindi sapat na sa banal na panahong ito ng pagsamba na halos ang lahat ay ginawa ayon sa Kanyang ipinagutos. Ang Dios ay nagbitiw ng sumpa para doon sa mga humihiwalay sa Kanyang kautusan, at di naglalagay ng pagkakaiba sa pangkaraniwan at sa banal na mga bagay. Kanyang ipinahayag sa pamamagitan ng propeta: "Sa aba nila na nagsisitawag ng mabuti ay masama, at ng masama ay mabuti; na inaaring dilim ang liwanag, at liwanag ang dilim!...Sa aba nila na pantas sa kanilang sariling mga mata, at mabait sa kanilang sariling paningin!...Na nagsisiaring ganap sa masama dahil sa suhol, at inaalis ang katuwiran ng matuwid!...Kanilang itinakwil ang kautusan ng Panginoon ng mga hukbo, at hinamak ang salita ng Banal na Israel." Isaias 5:20-24. "Huwag dayain ninoman ang kanyang sarili sa paniniwala na ang isang bahagi ng kautusan ng Dios ay di mahalaga, o Siya ay tatanggap ng pangpalit sa Kanyang iniutos. Wika ng pro- petang Jeremias, Sino siya na nagsasabi, at nangyayari, kung hindi iniuutos ng Panginoon?" Panaghoy 3:37. Ang Dios ay di naglagay sa Kanyang utos na maaaring sundin o suwayin ng tao ayon sa kagustu- han at di pagdusahan ang ibubunga noon. Kung ang tao ay pipili ng ibang landas sa mahigpit na pagsunod, kanilang masusumpungan na "ang dulo niyaon ay mga daan ng kamatayan." Kawikaan 14:12.

"At sinabi ni Moises kay Aaron, at kay Eleazar at kay Itamar na kanyang mga anak, Huwag ninyong ilugay ang buhok ng inyong ulo, o hapakin man ninyo ng inyong bihisan; upang huwag kayong mamatay,...sapagkat ang langis na pangpahid ng Panginoon ay nasa ulo ninyo." Ipinaalaala ng dakilang pinuno sa kanyang kapatid ang sinabi ng Dios, "Ako'y babanalin ng mga lumalapit sa Akin, at sa harap ng buong bayan ay luluwalhatiin Ako." Si Aaron ay tumahimik. Ang pagkamatay ng kanyang mga anak, namatay ng walang babala, sa isang kilabot na kasalanan—isang kasalanan na kanya ngayong nakita na bunga ng sarili niyang pagpapabaya sa kanyang tungkulin—pumiga ng pamimighati sa puso ng ama, subalit hindi niya binigyan ng pagpapahayag ang kanyang mga nadadama. Di dapat mahayag sa anumang pagpapahayag ng kalungkutan na tila siya ay

nakikibahagi sa kasalanan. Ang kapisanan ay di dapat maakay sa pagmumukmok laban sa Dios.

Nais ng Panginoong turuan ang Kanyang bayan upang kilalanin ang katarungan ng Kanyang pagtutuwid, upang ang iba ay magkaroon ng takot. Mayroon noon sa Israel na ang babala ng kilabot na [426] kahatulang ito ay makapagliligtas sa kanila mula sa pagsasamantala sa pagkamapagpasensyya ng Dios hanggang sa sila, rin, ay makapagta- tak sa sarili nilang kahahantungan.Ang sumbat ng Dios ay nasa huwad na pakikiramay sa nagkasala na nagsisikap baliwalain ang kanyang kasalanan. Epekto ng kasalanan ang patayin ang moralidad, hanggang sa di na madama ng guma-gawa ng kasalanan ang kasamaan ng kanyang pagsalangsang, at kung wala ang nangungusap na kapang- yarihan ng Banal na Espiritu siya ay mananatili sa isang antas ng pagkabulag sa kanyang kasalanan. Tungkulin ng mga lingkod ni Kristo ang ipakita sa mga nagkakasalang ito ang kanilang kapaha- makan. Yaong mga sumisira sa bisa ng babala sa pamamagitan ng pagbulag sa mga mata ng nagkakasala ay malimit na dinadaya ang kanilang sarili na sa pamamagitan noon sila ay gumagawa ng mabuti; subalit sila ay sumasalungat at humahadlang sa gawain ng Banal na Espiritu ng Dios; kanilang iniindayog ang nagkakasala upang maka- tulog sa bingit ng kapahamakan; ginagawa nilang kabahagi ang kanilang mga sarili sa kanyang kasalanan at humahawak sa isang nakakatakot na responsibilidad sa di niya pagsisisi. Maraming-marami ang nahulog sa kapahamakan bunga ng mali at nakakalinlang na pakikiramay na ito.

Si Nadab at si Abihu ay hindi sana nakagawa ng ganoong nakakamatay na kasalanan kung hindi sila nalasing sa pag-inom ng alak. Alam nila na ang pinakamaingat at solemneng paghahanda ay kailangan bago ihayag ang kanilang sarili sa santuwario, kung saan ang pakikiharap ng Dios ay nahahayag; subalit dahil sa kawalan ng pagtitimpi sila ay naging di karapat-dapat sa kanilang banal na tungkulin. Ang kanilang mga kaisipan ay nalito at ang kanilang moralidad ay pinapurol upang di nila makita ang pagkakaiba ng banal at ng pangkaraniwan. Kay Aaron at sa kanyang naiwang mga anak ay ibini- gay ang babala: "Huwag iinom ng alak o ng matapang na inumin man, ikaw o ang iyong mga anak man, pagka kayo'y papasok sa tabernakulo ng kapisanan, upang kayo'y huwag mamatay: magiging palatuntunang walang hanggan sa buong panahon ng iny-

ong mga lahi: at upang inyong malagyan ng pagkakaiba ang banal at ang karaniwan, at ang karumaldumal at ang malinis; at upang inyong maituro sa mga anak ni Israel ang lahat ng palatuntunang sa kanila'y sinalita ng Panginoon." Ang pag-inom ng alak ay may epektong nakapagpapahina ng katawan, nakapagpapalito sa kaisi-
[427] pan, at naka- pagpapababa ng moralidad. Inilalayo nito ang tao mula sa pagkakila- la ng kabanalan ng mga banal na bagay o sa bisa ng mga utos ng Dios. Ang lahat ng mayroong banal na tungkulin ay kinakailangang maging mahigpit sa pagtitimpi, upang ang kanilang kaisipan ay maging malinaw sa pagbubukod ng mabuti sa masama, at upang sila ay magkaroon ng katatagan sa prinsipyo, at karunungan upang maka- paglapat ng katarungan at makapagpakita ng kaawaan.

Ang gano'n ding obligasyon ay taglay ng bawat tagasunod ni Kristo. Pahayag ni apostol Pedro, "Kayo'y isang lahing hirang, isang maka- haring pagkasaserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng Dios." 1 Pedro 2:9. Tayo ay inuutusan ng Dios na ingatan ang bawat kapangyarihan upang mapasa pinakamabuting kalagayan, upang tayo ay makapagkaloob ng isang katanggap-tanggap na paglilingkod sa ating Manlalalang. Kapag ang nakalalasing ay ininom, ang gano'n ding bunga ay nangyayari gaya ng nangyari sa mga saserdote ng Israel. Ang konsensya ay nawawalan ng pagkadama ng kasalanan, at nagkakaroon ng pagkamatigas sa kasalanan na tiyak na nangyayari, hanggang sa ang pangkaraniwan at ang banal ay nawawalan ng lahat ng pagkakaiba. Kaya't paano natin maaabot ang pamantayan ng mga utos ng Dios? "O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios? at hindi kayo sa inyong sarili; sapagkat kayo'y binili sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan ang Dios." 1 Corinto 6:19, 20. "Kaya kung kayo'y nagsisikain man, o nagsisiinom man, o ano man ang inyong ginagawa, gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Dios." 1 Corinto 10:31. Sa iglesia ni Kristo sa lahat ng kapa- nahunan ay pinararating ang solemne at kilabot na babala, "Kung gibain ng sinoman ang templo ng Dios, siya'y igigiba ng Dios; sapagkat ang templo ng Dios ay banal, na
[428] ang templong ito ay kayo." 1 Corinto 3:17.

## Kabanata 32—Ang Kautusan at ang mga Tipan

Si Adan at si Eva, nang sila ay lalangin, ay may kaalaman tungkol sa kautusan ng Dios; alam nila ang mga ipinag-uutos noon sa kanila; ang mga alituntunin noon ay nakasulat sa kanilang mga puso. Nang ang tao ay mahulog dahil sa paglabag ang kautusan ay hindi nabago, subalit isang paraan ng paglunas ang itinatag upang siya ay maibalik sa pagsunod. Ang pangako tungkol sa isang Tagapagligtas ang ibinigay, at ang paghahain ng handog na tumutukoy sa hinaharap na pagkamatay ni Kristo bilang dakilang handog ukol sa kasalanan ay itinatag. Subalit kung ang kautusan ng Dios kailanman ay hindi nasuway, hindi sana nagkaroon ng kamatayan, at walang pangangai- langan ng isang Tagapagligtas; at hindi rin sana nagkaroon ng panga- ngailangan ng mga hain.

Itinuro ni Adan sa kanyang mga anak ang kautusan ng Dios, at iyon ay ipinasa ng ama sa anak sa sumunod na mga lahi. Subalit sa kabila ng mabiyayang kaloob para sa ikaliligtas ng tao, kakaunti lamang ang tumanggap noon at sumunod. Sa pamamagitan ng pag- salangsang ang sanlibutan ay naging napakasama ng gano'n na lamang kung kaya't kinakailangang linisin sa pamamagitan ng Baha dahil sa karumalan. Ang kautusan ay iningatan ni Noe at ng kanyang sambahayan, at itinuro ni Noe sa kanyang mga anak ang Sampung Utos. Nang ang tao ay muling humiwalay sa Dios, pinili ng Panginoon si Abraham, na Kanyang ipinahayag, "Sinunod ni Abraham ang Aking tinig, at ginanap ang Aking bilin, ang Aking mga utos, ang Aking mga palatuntunan, at ang Aking mga kautusan." Genesis 26:5. Sa kanya ibinigay ang seremonya ng pagtutuli, na isang tanda na ang mga tatanggap noon ay natatalaga sa paglilingkod sa Dios— isang panata na sila'y mananatiling malayo mula sa pagsamba sa mga diyus-diyusan, at sila'y susunod sa kautusan ng Dios. Ang di pagtupad ng mga anak ni Abraham sa panatang ito, gaya na ipinakikita ng kanilang hilig sa pakikipagkaisa sa mga di kumikilala sa Dios at pag- gaya sa kanilang mga gawain, ay naging sanhi ng kanilang panunu- luyan at pagkaalipin sa Ehipto. Subalit sa [429]

kanilang pakikisalamuha sa mga sumasamba sa diyus-diyusan, at sa kanilang sapilitang pagpa- pailalim sa mga Ehipcio, ang mga alintuntunin ng Dios ay higit pang naramihan ng mga bulok at malulupit na mga aral ng mga di ku- mikilala sa Dios. Kaya't nang kunin sila ng Panginoon mula sa Ehipto, Siya ay bumaba sa Sinai, nakapaloob sa kaluwalhatian at napapaligiran ng Kanyang mga anghel, at sa kamangha-manghang kapangyarihan ay binanggit ang Kanyang kautusan sa pakinig ng buong bayan.

Noon pa man ay hindi Niya ipinagkatiwala ang Kanyang mga alintuntunin sa memorya ng isang bayan na may hilig kumalimot sa Kanyang mga kautusan, sa halip ay isinulat ang mga iyon sa mga tapyas ng bato. Aalisin Niya mula sa Israel ang lahat ng posibilidad ng paghahalo ng mga gawi ng mga di kumikilala sa Dios at ng Kanyang mga banal na alintuntunin, o ang pagkakapagpalit-palit ng Kanyang mga utos sa mga batas o gawi ng tao. Subalit hindi Siya tumigil sa pagbibigay sa kanila ng mga alituntunin ng Sampung Utos. Ipinakita ng bayan na sila ay madaling naililigaw kaya't hindi Siya mag-iiwan ng anomang pinto ng tukso na hindi nababantayan. Si Moises ay inutusang sumulat, ano man ang sabihin ng Dios sa kanya, mga kahatulan at mga utos ibinigay ang detalye ng ipinag- uutos. Ang mga tagubiling ito na may kinalaman sa mga tungkulin ng bayan ng Dios, sa isa't-isa, at sa mga taga ibang lupa ay pawang mga prinsipyo ng Sampung Utos na ibinigay sa isang higit na malawak at tiyak na paraan, upang walang sino mang magkamali. Ang mga iyon ay inihanda upang maingatan ang kabanalan ng sampung mga tagubilin na nakasulat sa mga tapyas ng bato.

Kung iningatan lamang ng tao ang kautusan ng Dios, sa pagkakabigay kay Adan matapos na siya'y mahulog, iningatan ni Noe, at tinupad ni Abraham, hindi na sana kinakailangan ang seremonya ng pagtutuli. At kung iningatan ng angkan ni Abraham ang tipan, na tinutukoy ng pagtutuli bilang isang tanda, hindi sana sila naakit sa pagsamba sa diyus-diyusan, ni kinakailangang maghirap sila bilang mga alipin sa Ehipto; nanatili sana sa kanilang isip ang kautusan ng Dios, at hindi na kinakailangan pang ipahayag iyon mula sa Sinai o isulat sa mga tapyas ng bato. At kung isinakatuparan ng bayan ang mga prinsipyo ng kautusan, hindi na sana nagkaroon ng pangangai- langan ng mga karagdagang tagubilin na ibinigay kay
[430] Moises.

Ang sistema ng paghahain, na ibinigay kay Adan, ay sinira din ng kanyang mga inanak. Pamahiin, idolatria, kalupitan, at pagpapahin- tulot sa kasalanan ang sumira sa payak ang makabuluhang paglilingkod na itinakda ng Dios. Dahil sa matagal na pakikisalamuha sa mga mapagsamba sa diyus-diyusan ay naihalo ng Israel ang maraming kaugalian ng mga di sumasamba sa Dios sa kanilang pagsamba; kaya't binigyan sila ng Panginoon sa Sinai ng malinaw na mga tagubilin tungkol sa serbisyo ng paghahain. Nang matapos ang paggawa ng tabernakulo Siya ay nakipag-ugnayan kay Moises mula sa ulap ng kaluwalhatian sa itaas ng luklukan ng awa, at binigyan siya ng ganap na mga tagubilin tungkol sa sistema ng mga paghahandog at sa mga anyo ng pagsamba na iingatan sa santuwaryo. Kaya't ang batas tungkol sa mga palatuntunan ay ibinigay kay Moises, at sa pamamagitan niya ay isinulat sa isang aklat. Subalit ang kautusan ng Sampung Utos na binanggit mula sa Sinai ay isinulat ng Dios sa mga tapyas ng bato, at banal na iningatan sa kaban.

Marami ang nagsisikap pag-isahin ang mga sistemang ito, ginagamit ang mga talata tungkol sa batas ng mga palatuntunan upang patunayan na ang batas ng moralidad ay pinawi na; subalit ito ay isang pagpipilipit ng kasulatan. Ang pagkakaiba ng dalawang sistema ay malawak at malinaw. Ang sistema ng mga palatuntunan ay binubuo ng mga simbolong tumutukoy kay Kristo, sa Kanyang sakripisyo, at sa Kanyang pagkasaserdote. Ang batas na ito na pang seremonya, at ang mga sakripisyo at mga kautusan, ay kinakailangang isagawa ng mga Hudyo hanggang sa ang anino at ang nakakaanino ay magtagpo sa pagkamatay ni Kristo, ang Kordero ng Dios na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. At ang lahat ng mga paghahain ay kinakailangang itigil. Ang kautusang ito ang "inalis" ni Kristo, na "ipinako sa krus." Colosas 2:14. Subalit tungkol sa Sampung Utos ang mang- aawit ay nagpahayag, "Magpakailan man, Oh Panginoon, Ang Iyong salita ay natatag sa langit." Awit 119:89. At si Kristo mismo ay nagsa- bi, "Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang sirain ang kautusan.... Sapagkat katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Hanggang sa ma- ngawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maga- nap ang lahat ng mga bagay." Mateo 5:17, 18. Dito ay Kanyang itinuturo, hindi lamang kung ano ang naging utos ng Dios, at kung ano iyon noon, itin-

[431] uturo Niya na iyon ay kinakailangang sundin habang ang langit at ang lupa ay nananatili. Ang kautusan ng Dios ay sintibay ng Kanyang luklukan. Iyon ay kinakailangang sundin ng tao sa lahat ng kapanahunan.

Tungkol sa kautusang inihayag mula sa Sinai, ang wika ni Nehemias, "Ikaw rin naman ay bumaba sa bundok ng Sinai, at nagsalita Ka sa kanila mula sa langit, at binigyan Mo sila ng mga matuwid na kahatulan at mga tunay na kautusan, mga mabuting palatuntunan at mga utos." Nehemias 9:13. At si Pablo, na "apostol ng mga Hentil," ay nagpapahayag, "Ang kautusan ay banal, at ang utos ay banal, at matuwid, at mabuti." Roma 7:12. Ito ay tumutukoy sa Sampung Utos; sapagkat ito ang kautusang nagsasabi, "Huwag kang mana- nakim." Talatang 7.

Samantalang ang kamatayan ng Tagapagligtas ay naghatid ng wakas sa kautusan ng mga anyo at anino, kahit kaunti ay hindi iyon sumisira sa batas ng moralidad. Sa kabaliktaran noon, ang katotohanan na si Kristo ay kinakailangang mamatay upang tubusin ang pagkakasalangsang sa kautusang iyon, ay nagpapatunay na iyon ay di nababago.

Yaong mga nagsasabing si Kristo ay naparito upang pawiin ang kautusuan ng Dios at alisin ang Matandang Tipan, ay nagsasabing ang kapanahunan ng mga Hudyo ay isang panahon ng kadiliman, at inihahayag ang relihiyon ng mga Hudyo bilang pawang mga anyo at mga seremonya. Subalit ito ay isang pagkakamali. Sa bawat pahina ng banal na kasaysayan, kung saan nakatala ang mga pakikitungo ng Dios sa Kanyang piniling bayan ay matutunton ang dakilang AKO NGA. Kailanman ay di Siya nagbigay sa mga anak ng tao ng higit na pagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan at kaluwalhatian kaysa nang Siya lamang ang kinikilalang Hari ng Israel, at nagbigay ng Kanyang kautusan sa Kanyang bayan. Narito ang isang setro na hindi tao ang gumagamit; at ang karingalan ng di nakikitang Hari ng Israel ay di mabigkas ang kadakilaan at pagkakilabot.

Sa lahat ng mga pagpapahayag na ito ng kahayagan ng Dios ang kaluwalhatian ng Dios ay nahahayag sa pamamagitan ni Kristo. Hindi lamang sa pagdating ng Tagapagligtas, kundi sa lahat ng kapanahunan buhat nang mahulog ang tao sa kasalanan at nang ipangako ang pagtubos, "Ang Dios kay Kristo ay pinapagkasundo ang sanlibu- tan sa Kanya." 2 Corinto 5:19. Si Kristo ang pundasyon

at sentro ng sistema ng paghahain kapwa sa kapanahunan ng mga patriarka at sa kapanahunan ng mga Hudyo. Buhat nang magkasala [432] ang ating unang mga magulang ay di na nagkaroon ng tuwirang komyunikasyon sa pagitan ng Dios at ng tao. Ibinigay ng Ama ang sanlibutan sa kamay ni Kristo, upang sa Kanyang gawain ng pamamagitan ay matubos Niya ang tao at mapagtibay Niya ang awtoridad at kabanalan ng kautusan ng Dios. Ang lahat ng pag-uugnayan sa pagitan ng langit at ng nagkasalang lahi ay naging sa pamamagitan ni Kristo. Ang Anak ng Dios ang nagbigay sa ating unang mga magulang ng pangako ng pagtubos. Siya ang nagpahayag ng Kanyang sarili sa mga patriarka. Naunawaan ni Adan, ni Noe, ni Abraham, ni Isaac, ni Jacob, at ni Moises ang ebanghelyo. Sila ay tumingin sa kaligtasan sa pamamagitan ng Kahalili at Tagapanagot ng tao. Ang mga banal na ito noon ay nakipag-ugnayan sa Tagapagligtas na darating sa sanlibutan bilang isang laman; at ang ilan sa kanila ay nakipag-usap kay Kristo at sa makalangit na mga anghel ng mukhaan.

Si Kristo ay hindi lamang Siyang pinuno ng mga Hebreo sa ilang— ang Anghel na ang pangalan ay Jehova, at, nakukublihan ng haliging ulap, ay nanguna sa kanila—kundi Siya ang nagbigay ng kautusan sa Israel. [Tingnan ang Apendiks, Nota 7.] Sa kalagitnaan ng kamangha-manghang kaluwalhatian ng Sinai, ipinahayag ni Kristo sa pakinig ng buong bayan ang sampung alituntunin ng kautusan ng Kanyang Ama. Siya ang nagbigay kay Moises ng kautusang nakasulat sa mga tapyas ng bato.

Si Kristo ang nagsalita sa Kanyang bayan sa pamamagitan ng mga propeta. Si apostol Pedro, sa pagsulat sa iglesiang Kristiano, ay nagsabi na ang mga propeta ay "nagsihula tungkol sa biyayang darating sa inyo: na sinisiyasat ang kahulugan kung ano at kailang panahon itinuro ng Espiritu ni Kristo na sumasa kanila, nang patotohanan nang una ang mga pagbabata ni Kristo, at ang mga kaluwalhatiang hahalili sa mga ito." 1 Pedro 1:10, 11. Tinig ni Krjsto ang nagsalita sa atin sa matandang tipan. "Ang patotoo ni Jesus ay siyang espiritu ng hula." Apocalipsis 19:10.

Sa Kanyang mga pagtuturo nang Siya ay kasama ng mga tao ay itinuon ni Jesus ang kaisipan ng mga tao sa Matandang Tipan. Wika Niya sa mga Hudyo, "Saliksikin ninyo ang mga kasulatan, sapagkat iniisip ninyo na sa mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa

Akin." Juan 5:39. Ang Matandang Tipan pa lamang ang bahagi ng kasulatan na mayroon noon. Muli ay ipinahayag ng Anak ng Dios, [433] "Nasa kanila si Moises at ang mga propeta; bayaang sila'y pakinggan nila." At Kanyang idinagdag, "Kung di nila pinakikinggan si Moises at ang mga propeta, ay di rin mangahihikayat sila, kahit ang isa'y magbangon sa mga patay." Lucas 16:29, 31.

Ang batas tungkol sa mga palatuntunan ay ibinigay ni Kristo. Maging nang iyon ay di na kailangang isakatuparan, inihayag iyon ni Pablo sa mga Hudyo na ipinakikita ang tunay na lugar noon at kahalagahan, ipinakikita ang lugar noon sa panukala ng pagtubos at ang kaugnayan noon sa gawain ni Kristo; at ipinahayag ng dakilang apostol na ang batas na iyon ay maluwalhati, karapat-dapat sa Dios na pinagmulan noon. Ang solemneng serbisyo sa santuwario ay naglalarawan sa mga dakilang katotohanan na kinakailangang mahayag sa mga sumusunod na mga henerasyon. Ang ulap ng kamangyan na pumapanhik kasama ng mga dalangin ng Israel ay kumakatawan sa Kanyang katuwiran na tanging kailangan upang ang dalangin ng makasalanan ay maging katanggap-tanggap sa Dios; ang nagdurugong biktima sa dambana ng sakripisyo ay nagpapatotoo tungkol sa isang Tagapagtubos na dumarating; at mula sa kabanal-banalang dako ay siya'ng nakikitang tanda ng pakikiharap ng Dios na nagniningning. Kaya't sa mga panahon ng kadiliman at pagtalikod ang pananampa- lataya ay naingatang buhay sa puso ng tao hanggang sa dumating ang ipinangakong Mesias.

Si Jesus ang liwanag ng Kanyang bayan—ang Liwanag ng sanlibutan—bago Siya naparito sa lupa sa anyong tao. Ang kaunaunahang sinag ng liwanag na pumasok sa kadilimang ibinalot ng kasalanan sa sanlibutan, ay nagmula kay Kristo. At sa Kanya nanggaling ang bawat sinag ng kaliwanagan ng langit na nakarating sa mga naninira- han sa lupa. Sa panukala ng pagtubos si Kristo ang Alpa at Omega— ang Una at ang Huli.

Mula nang ang dugo ng Tagapagligtas ay nabuhos sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, at Siya ay pumanhik sa langit "upang humarap ngayon sa harapan ng Dios dahil sa atin" (Hebreo 9:24), ang liwanag ay dumadaloy mula sa krus ng kalbaryo at mula sa mga banal na dako ng santuwaryo sa langit. Subalit ang higit na maning- ning na liwanag na ibinigay sa atin ay di dapat maging sanhi upang iwaksi ang sa mga unang panahon ay tinanggap sa

pamamagitan ng mga paglalarawan na tumutukoy sa dumarating na Tagapagligtas. Ang ebanghelyo ni Kristo ay nagbibigay liwanag sa sistema ng mga Hudyo at nagbibigay ng kahulugan sa mga batas tungkol sa mga palatuntunan. Sa pagpapahayag ng mga bagong [434] katotohanan, at yaong mga inihayag na ng una ay naging higit na maliwanag, ang likas at mga layunin ng Dios ay nahahayag sa Kanyang mga pakikitungo sa Kanyang piniling bayan. Ang bawat karagdagang liwanag na ating tinatanggap ay nagbibigay sa atin ng higit na maliwanag na pag- kaunawa sa panukala ng pagtubos, na pagsasakatuparan ng kalooban ng Dios sa ikaliligtas ng tao. Nakakakita tayo ng bagong kagandahan at kapangyarihan sa kinasihang salita, at ating pinag-aaralan ang mga pahina noon na may higit na malalim at matinding pananabik.

Marami ang naniniwala sa kaisipan na ang Dios ay naglagay ng isang pader na nagbubukod sa mga Hebreo at sa sanlibutang nasa labas; na ang Kanyang pangangalaga at pag-ibig, ay wala sa ibang mga tao, at nakasentro sa Israel. Subalit hindi pinanukala ng Dios na ang Kanyang bayan ay gagawa ng isang pader na makapaghihiwalay sa kanila at sa kanilang kapwa tao. Ang puso ng Walang Hanggang pag-ibig ay umaabot sa lahat ng naninirahan sa lupa. Bagaman kanilang tinanggihan Siya, walang tigil Siya sa pagpapahayag ng Kanyang sarili sa kanila upang sila'y maging kabahagi ng Kanyang pag- ibig at biyaya. Ang Kanyang pagpapala ay ipinagkaloob sa Kanyang piniling bayan, upang ang iba ay kanilang mapagpala.

Tinawagan ng Dios si Abraham, at pinagpala, at pinarangalan; at ang katapatan ng patriarka ay naging liwanag sa lahat ng mga bansang kanyang tinirahan. Hindi ni Abraham inihiwalay ang kanyang sarili mula sa mga tao sa kanyang paligid. Siya ay nagkaroon ng mapagkai- bigang relasyon sa mga hari ng mga bansang nakapalibot sa kanya, na ang ilan doon ay nakitungo sa kanya na may malaking paggalang; at ang kanyang pagiging tapat at di makasarili, ang kanyang kata- pangan at pagiging mapagbigay, ay naghahayag sa likas ng Dios. Sa Mesopotamia, sa Canaan, sa Ehipto, at maging sa mga naninirahan sa Sodoma, ang Dios ng langit ay nahayag sa pamamagitan ng Kanyang kinatawan.

Gano'n din naman sa mga Ehipcio at sa lahat ng mga bansang kaugnay ng makapangyarihang kahariang iyon, ipinahayag ng Dios ang Kanyang sarili sa pamamagitan ni Jose. Bakit pinili ng Dios na

itaas ng gano'n na lamang si Jose sa mga Ehipcio? Maaari Niyang magawa ang ibang paraan upang maisakatuparan ang mga panukala Niya para sa mga anak ni Jacob; subalit ninais Niyang gawing
[435] liwanag si Jose, at inilagay Niya siya sa palasyo ng hari, upang ang makalangit na liwanag ay makarating sa malayo at sa malapit. Sa pamamagitan ng kanyang karunungan at katarungan, sa kadalisayan at kabutihan ng kanyang pang araw-araw na buhay, sa kanyang pag- tatalaga sa kapakanan ng bayan—at ang bayang iyon ay mga suma- samba sa diyus-diyusan—si Jose ay naging isang kinatawan ni Kristo. Sa tumutulong sa kanila, na sa kanya ang buong Ehipto ay nag- pasalamat at nagpuri, ang bansang iyon na di kumikilala sa Dios ay nakakakita ng pag-ibig ng kanilang Manlalalang at Manunubos. Gano'n din naman kay Moises naglagay ang Dios ng liwanag sa tabi ng luklukan ng pinakadakilang kaharian sa lupa, upang ang lahat ng magnanais, ay maaaring makaalam ng katotohanan tungkol sa tunay at buhay na Dios. At ang lahat ng liwanag na ito ay ibinigay sa mga Ehipcio bago iniunat ang kamay ng Dios sa kanila sa mga paghatol.

Sa pagliligtas ng Israel mula sa Ehipto ang kaalaman tungkol sa kapangyarihan ng Dios ay kumalat sa malayo at sa malapit. Ang mahilig sa digmaang bayan ng kuta ng Jerico ay nanginig. "At pag-kabalita namin," wika ni Rahab, "ay nanglumo ang aming puso, ni walang diwa na naiwan sa kanino mang tao, dahil sa inyo; sapagkat ang Panginoon ninyong Dios, ay Siyang Dios sa langit sa itaas, at sa lupa sa ibaba." Josue 2:11. Daan-daang taon na makalipas ang paglaya mula sa Ehipto ay pinaalalahanan ng mga saserdote ng Palestina ang kanilang bayan tungkol sa mga salot sa Ehipto, at binabalaan sila tungkol sa paglaban sa Dios ng Israel.

Tinawagan ng Dios ang Israel, at pinagpala at itinaas sila, hindi upang sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang kautusan ay sila lamang ang tumanggap ng Kanyang kaluguran at maging bukod tanging tagatanggap ng Kanyang mga pagpapala, kundi upang iha-yag ang Kanilang sarili sa pamamagitan nila sa lahat ng mga nanini-rahan sa lupa. Sa pagsasakatuparan ng layuning ito inutusan Niya silang ingatan ang kanilang mga sarili na maging kakaiba sa mga bansang sumasamba sa mga diyus-diyusan sa paligid nila.

Ang pagsamba sa mga diyus-diyusan at ang lahat ng mga kasalanang kasunod noon ay kasuklam-suklam sa Dios, at inutu-san Niya ang Kanyang bayan na huwag makisalamuha sa ibang

mga bansa, upang "gawin ang kanilang ginagawa," at makalimot sa Dios. Ipinagbawal Niya ang pag-aasawa ng di kapananampalataya, baka ang kanilang puso ay mailayo mula sa Kanya. Kailangan ng bayan ng Dios noon kung paanong kailangan din ngayon na sila ay maging dalisay, "wa- lang dungis ang kanyang sarili sa sanlibu- [436]
tan." Kinakailangang inga- tan nilang malaya ang kanilang mga sarili mula sa espiritu noon, sapagkat iyon ay salungat sa katotohanan at sa katuwiran. Subalit hindi pinanukala ng Dios na ang Kanyang bayan, sa isang pagiging matuwid sa sarili na pagkabukod, ay ilayo ang kanilang mga sarili sa sanlibutan, na ano pa't sila'y hindi makaimpluwensya doon.

Tulad sa kanilang Panginoon, ang mga tagasunod ni Kristo sa lahat ng kapanahunan ay kinakailangang maging liwanag ng sanlibutan. Wika ng Tagapagligtas, "Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago. Hindi rin nga pinaniningasan ang isang ilawan, at inilalagay sa ilalim ng isang takalan, kundi sa talagang lalagyan ng ilaw; at lumiliwanag sa lahat ng nangasa bahay"— na iyon ay, ang sanlibutan. At Kanyang idinagdag, "Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit." Mateo 5:14-16. Ganito ang ginawa ni Enoc, at ni Noe, ni Abraham, ni Jose, at ni Moises. Ganito ang pinanukala ng Dios na gagawin ng Israel.

Ang sarili nilang puso sa hindi sumasampalataya, na kinilos ni Satanas, ang umakay sa kanila upang itago ang kanilang liwanag, sa halip na papagliwanagin iyon sa mga kalapit na bayan; ang hindi rin magandang espiritung iyon ang sanhi upang kanilang sundin ang makasalanang gawain ng mga di kumikilala sa Dios o di kaya'y ikubli ang kanilang mga sarili sa isang mapagmalaking pamumukod, na tila ang pag-ibig at kalinga ng Dios ay ukol lamang sa kanila.

Kung paanong ang Banal na Kasulatan ay naghahayag ng dalawang kautusan, isang di nababago at pangwalang hanggan, at isang pansa- mantala, gano'n din naman mayroong dalawang tipan. Ang tipan ng biyaya ay unang ipinagkaloob sa tao sa Eden, nang pagkahulog sa kasalanan ay may ibinigay na isang banal na pangako na ang binhi ng babae ang dudurog sa ulo ng ahas. Sa lahat ng tao ang tipan na ito ay nag-aalok ng kapatawaran at ng tumutulong na biyaya ng Dios sa hinaharap na pagsunod sa pamamagitan ng

pananampalataya kay Kristo. Iyon ay nangangako rin sa kanila ng buhay na walang hanggan sa kundisyon ng pagiging tapat sa kautusan ng Dios. Kaya't ang mga patriarka ay tumanggap ng pag-asa ng kaligtasan.

Ang tipan rin na ito ang inulit kay Abraham sa pangakong, "Pag-
[437] papalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa." Genesis 22:18.

Ang pangakong ito ay tumutukoy kay Kristo. Kaya't ito ay nauna- waan ni Abraham (tingnan ang Galacia 3:8, 16), at siya ay nagtiwala kay Kristo para sa kapatawaran ng mga kasalanan. Ang pananampa- latayang ito ang ibinilang sa kanya ukol sa katuwiran. Ang tipang kay Abraham ay nagtatanyag rin sa awtoridad ng kautusan ng Dios. Ang Panginoon ay napakita kay Abraham, at nagsabi, "Ako ang Dios na Makapangyarihan sa lahat lumakad ka sa harapan ko at magpaka- sakdal ka." Genesis 17:1. Ang patotoo ng Dios tungkol sa Kanyang tapat na lingkod at, "Sinunod ni Abraham ang Aking tinig, ginanap ang Aking bilin, ang Aking mga utos, ang Aking mga palatuntunan at ang Aking mga kautusan." Genesis 26:5. At ipinahayag ng Panginoon sa Kanya, "Aking papagtitibayin ang Aking tipan sa iyo at sa iyong binhi pagkamatay mo sa buong kalahian nila, na tipang walang hanggan, na Ako'y magiging iyong Dios, at ng iyong binhi, pagkamatay mo." Genesis 17:7.

Bagaman ang tipang iyon ay binanggit kay Adan at inulit kay Abraham, iyon ay hindi maaaring mapagtibay hanggang hindi namamatay si Kristo. Iyon ay lumabas sa pamamagitan ng pangako ng Dios mula pa nang ang kauna-unahang kaisipan tungkol sa pagtubos ay ibigay; iyon ay tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya; gano'n pa man nang iyon ay papagtibayin ni Kristo, iyon ay tinawag na isang bagong tipan, na pawang isang kasunduan ng muling pagsasauli ng tao sa pakikipagkasundo sa kalooban ng Dios, inilalagay sila kung saan sila ay makasusunod sa kautusan ng Dios.

Ang isang kasunduan—tinatawag sa Banal na Kasulatan na "matandang" tipan—ay nabuo sa pagitan ng Dios at ng Israel sa Sinai, at noon ay pinagtibay ng dugo ng hain. Ang pakikipagtipan kay Abraham ay pinagtibay sa pamamagitan ng dugo ni Kristo, at iyon ay tinawag na "ikalawa," o "bagong," tipan, sapagkat ang dugo na ginamit upang iyon ay pagtibayin ay dumanak makalipas ang dugo ng unang tipan. Ang bagong tipan ay may bisa noong mga panahon ni Abraham bunga ng katotohanan na iyon noon ay

pinapagtibay kapwa ng pangako at ng panunumpa ng Dios—ang "dalawang bagay na di mababago, na siya'y di maaaring ang Dios ay magbulaan." Hebreo 6:18.

Subalit kung ang pakikipagtipan kay Abraham ay naglalaman ng pangako tungkol sa kaligtasan, bakit may isa pang tipan na ginawa sa Sinai? Sa kanilang pagkaalipin ang bayan sa isang malaking banda ay nawalan ng kaalaman tungkol sa Dios at sa mga prinsipyo [438] ng pakikipagtipan kay Abraham. Sa pagliligtas sa kanila mula sa Ehipto, sinikap ng Dios na ipahayag sa kanila ang Kanyang kapangyarihan at kaa- waan, upang sila ay maakay umibig at magtiwala sa Kanya. Kanya silang dinala sa Dagat na Pula—sa paghabol ng mga Ehipcio, ang pagtakas ay tila imposible—upang kanilang makita sa kanilang lubos na kawalan ng magagawa, ang kanilang pangangailangan sa tulong ng Dios; at Kanyang iniligtas sila. Kaya't sila ay napuspos ng pag- ibig at pagpapasalamat sa Dios at ng pagtitiwala sa Kanyang kapangyarihan na tumulong sa kanila. Kanyang itinali sila sa Kanyang sarili bilang kanilang tagapagligtas mula sa temporal na pagkaalipin.

Subalit mayroon pang higit na dakilang katotohanan na kinakailangang maikintal sa kanilang kaisipan. Sa pamumuhay sa kalagit- naan ng pagsamba sa diyus-diyusan at karumalan, sila ay walang tunay na kaisipan tungkol sa kabanalan ng Dios, sa lubhang pagka- makasalanan ng sarili nilang mga puso, ng kanilang lubhang kawalan ng kakayanan, sa kanilang sarili, upang maging masunurin sa kautusan ng Dios, at sa kanilang pangangailangan ng isang Tagapagligtas. Ang lahat ng ito ay kinakailangang maituro.

Sila ay dinala ng Dios sa Sinai; Kanyang inihayag ang Kanyang kaluwalhatian; Kanyang ibinigay ang Kanyang kautusan, na may pangako tungkol sa dakilang mga pagpapala kung sila ay magiging masunurin: "Kung tunay na inyong susundin ang Aking tinig, at iingatan ang Aking tipan,...kayo'y magiging isang kaharian ng mga saserdote sa Akin, at isang banal na bansa." Exodo 19:5, 6. Hindi nadadama ng bayan ang pagkamakasalanan ng sarili nilang mga puso, na kung wala si Kristo ay imposible para sa kanila ang maingatan ang kautusan ng Dios; at sila ay kaagad pumasok sa isang pakikipagtipan sa Dios. Sa pagkadama na magagawa nilang itatag ang sarili nilang katuwiran, ay kanilang ipinahayag, "Lahat ng sinalita ng Panginoon ay aming gagawin, at kami ay magma-

masunurin." Exodo 24:7. Kanilang nasaksihan ang pagpapahayag ng kautusan sa kamangha-mang- hang karilagan, at nanginig sa takot sa harap ng bundok; gano'n pa man ilang linggo pa lamang ang lumilipas nang kanilang sirain ang kanilang pangako sa Dios, at sila ay yumukod upang sumamba sa isang inanyuang larawan. Hindi sila maaaring umasang magiging kalugod-lugod sa Dios sa pamamagitan ng isang pangako na kanilang sinira; at ngayon, nang
[439] makita ang kanilang pagiging makasalanan at ang pangangailangan ng kapatawaran, sila ay inihatid sa pagkadama ng kanilang pangangailangan ng Tagapagligtas na inihahayag sa pakikipagtipan kay Abraham at inilalarawan ng mga paghahandog ng hain. Ngayon sa pamamagitan ng pag-ibig at ng pananampalataya sila ay nakatali sa Dios bilang kanilang Tagapagligtas mula sa pagiging alipin ng kasalanan. Ngayon sila ay handa na upang makita ang kabutihan ng mga pagpapala ng bagong tipan.

Ang mga kasunduan ng "lumang tipan" ay, Sumunod at mabuhay: "Kung isagawa ng tao ay mabubuhay sa mga yaon" (Ezekiel 20:11; Levitico 18:5); subalit "sumpain yaong hindi umayon sa mga salita ng kautusang ito upang gawin." Deuteronomio 27:26. Ang "bagong tipan" ay natatag sa pamamagitan ng "lalong mabubuting pangako"—ang pangako ng pagpapatawad sa mga kasalanan at ng biyaya ng Dios upang baguhin ang puso at dalhin iyon sa pakikipagkasundo sa mga prinsipyo ng kautusan ng Dios. "Ito ang tipan na Aking ipakikipagtipan sa sambahayan ni Israel pagkatapos ng mga araw na yaon, sabi ng Panginoon, Aking itatala ang Aking kautusan sa kanilang kalooban, at Aking isusulat sa kanilang puso;...Aking ipatatawad ang kanilang kasamaan, at ang kanilang kasalanan ay hindi Ko na aalalahanin." Jeremias 31:33, 34.

Ang kautusan ding yaon na isinulat sa mga tapyas ng bato ang isinusulat ng Banal na Espiritu sa mga tapyas ng puso. Sa halip na tayo ay humayo upang magtatag ng sarili nating katuwiran ay tinatanggap natin ang katuwiran ni Kristo. Ang Kanyang dugo ang tu- mutubos sa ating mga kasalanan. Ang Kanyang pagiging masunurin ay ibinibilang na ating pagkamasunurin. At ang puso na binago ng Banal na Espiritu ay magbubunga ng mga "bunga ng Espiritu." Sa pamamagitan ng biyaya ni Kristo tayo ay mamumuhay sa pagsunod sa kautusan ng Dios na isinulat sa ating mga puso. Sa pagkakaroon ng Espiritu ni Kristo, tayo ay lalakad kung paanong

Siya ay lumakad. Sa pamamagitan ng propeta ay inihayag Niya tungkol sa Kanyang sarili, "Aking kinalulugurang sundin ang Iyong kalooban, Oh Dios ko; Oo, ang Iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso." Awit 40:8. At nang Siya ay kasama ng mga tao ay Kanyang sinabi, "Hindi Niya ako binayaang nag-iisa; sapagkat ginagawa kong lagi ang mga bagay na sa Kanya'y nakalulugod." Juan 8:29.

Si apostol Pablo ay malinaw na naghahayag ng kaugnayan ng pananampalataya at ng kautusan sa ilalim ng bagong tipan. Wika [440] niya: "Yaman nga na mga inaaring ganap sa pananampalataya, may- roon tayong kapayapaan sa Dios sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Kristo." "Niwawalan kaya nating kabuluhan ang kautusan sa pamamagitan ng pananampalataya? Huwag nawang mangyari: kundi pinagtitibay pa nga natin ang kautusan." "Sapagkat ang hindi magagawa ng kautusan, na mahina sa pamamagitan ng laman"—hindi nito maaaring ariing ganap ang tao, sapagkat sa kanyang makasalanang likas hindi niya maiingatan ang kautusan—"sa pagsusugo ng Dios sa Kanyang sariling Anak na nag-anyong lamang salarin at dahil sa kasalanan, ay hinatulan ng Dios sa laman ang kasalanan: upang ang kahilingan ng kautusan ay matupad sa atin, na hindi nangagsisilakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu." Roma 5:1; 3:31; 8:3, 4.

Ang gawain ng Dios ay iisa sa lahat ng panahon, bagaman mayroong iba't-ibang antas ng paglago at ibang pagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan, upang tugunin ang pangangailangan ng tao sa iba't-ibang kapanahunan. Simula sa unang pangako tungkol sa ebanghelyo, hanggang sa panahon ng mga patriarka at ng mga Hudyo, at maging hanggang sa kasalukuyang panahon, ay nagkaroon ng isang unti-unting pagbubukas ng mga layunin ng Dios sa panukala ng pagtubos. Ang Tagapagligtas na inilalarawan sa mga palatuntunan at seremonya ng kautusan ng mga Hudyo ay Siya ring Tagapagligtas na inihahayag ng ebanghelyo. Ang mga ulap na bumalot sa Kanyang anyong pagka Dios ay nalulon; ang mga ulap at anino ay nawala na; at si Jesus, ang Tagapagligtas ng sanlibutan, ay nahayag. Siya na nagpahayag ng kautusan mula sa Sinai, at nagbigay kay Moises ng mga alituntunin ng batas ng mga seremonya, ay Siya ring bumigkas ng Sermon sa Bundok. Ang dakilang mga prinsipyo ng pag-ibig ng Dios, na Kanyang inilahad bilang pundasyon ng kautusan at ng mga propeta, ay pawang mga pag-

uulit lamang ng Kanyang sinalita sa mga Hebreo sa pamamagitan ni Moises: "Dinggin mo, Oh Israel: ang Panginoon mong Dios ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong lakas." Deuteronomio 6:4, 5. "Iibigin ninyo ang inyong kapwa na gaya ng sa inyong sarili." Levitico 19:18. Iisa ang guro sa dalawang kapanahunan. Ang mga ipinag-uutos ng Dios ay iyon din. Ang prinsipyo ng Kanyang pamamahala ay iyon din. Sapagkat ang lahat ay nagmula sa Kanya "na walang pagbabago, ni kahit anino man ng
[441] pag-iiba." Santiago 1:17.

## Kabanata 33—Mula sa Sinai Hanggang sa Cades

Ang kabanatang ito ay batay sa Mga Bilang 11 at 12.

Ang paggawa ng tabernakulo ay di agad nasimulan nang ang Israel ay dumating sa Sinai; at ang banal na gusali ay sinimulang itayo sa pagbubukas ng ikalawang taon mula noong Exodo. Ito ay sinundan ng pagtatalaga ng mga saserdote, ng pagdiriwang ng paskua, ng pagbilang ng bayan, at ng pagbubuo ng iba't-ibang mga kaayusang kailangan sa kanilang sistemang sibil at pang relihiyon, kaya't halos isang taon ang nagugol ng kampamento sa Sinai. Dito ang kanilang pagsamba ay nagkaroon ng higit na tiyak na anyo, ang mga batas ay ibinigay ukol sa pamamahala ng bansa, at higit na mahusay na or- ganisasyon ang naisagawa bilang paghahanda sa kanilang pagpasok sa lupain ng Canaan.

Ang pamahalaan ng Israel ay nagkaroon ng pinakamahusay na organisasyon, kahanga-hanga kapwa sa pagiging kumpleto at payak. Ang kaayusang inihahayag ng kasakdalan at pagkakaayos ng lahat ng mga gawang ginawa ng Dios ay nahahayag sa kaayusan ng mga Hebreo. Ang Dios ang sentro ng awtoridad at pamahalaan, ang kataas-taasan ng Israel. Si Moises ang tumayong nakikitang pinuno, na pinili ng Dios upang ipasakatuparan ang mga batas sa Kanyang pangalan. Mula sa mga matanda ng mga lipi isang kalipunan ng pitumpu ang pinili upang tumulong kay Moises sa pangkalahatang gawain ng bansa. Sumunod ay ang mga saserdote, na nakikipanayam sa Panginoon sa santuwario. Mga pangulo, o prinsipe, ang namuno sa mga lipi. Sunod sa mga ito ay ang "mga punong kawal ng libu-libo, at mga punong kawal ng mga daan-daan, at mga punong kawal ng mga limangpu-limangpu, at mga punong kawal ng mga sampu-sampu," at, kahulihan sa lahat, ay ang mga opisyal na maaaring pagawain para sa mga natatanging gawain. Deuteronomio 1:15.

Ang kampamento ng mga Hebreo ay may ganap na kaayusan. Ito ay may tatlong malalaking dibisyon, ang bawat dibisyon ay may nakatakdang lugar sa kampamento. Nasa gitna ang tabernakulo, ang

[442] dakong tirahan ng di nakikitang Hari. Nakapalibot doon ang mga saserdote at ang lipi ni Levi. Sa ibayo ng mga ito ay nangakaayos ang lahat ng iba pang mga tribo.

Sa mga Levita ipinagkatiwala ang tabernakulo at ang lahat ng mga kaugnay noon, kapwa sa kampamento at sa kanilang mga paglalak- bay. Kapag ang kampamento ay gumagayak upang sumulong sila ang nagbababa ng banal na tolda; kapag nakarating sa isang dakong pagtitigilan kanila iyong itinatayo. Walang sino man mula sa ibang lipi ang pinapahintulutang lumapit, dahil ikamamatay. Ang mga Levita ay nahahati sa tatlong bahagi, ang mga inanak ng tatlong mga anak ni Levi', at ang bawat isa ay may natatanging posisyon at gawain. Sa harap ng tabernakulo, at malapit na malapit doon, ay ang mga tolda ni Moises at ni Aaron. Sa gawing timog ay ang angkan ni Kohath, na ang tungkulin ay pangalagaan ang kaban at ang ibang mga kagami- tan; sa gawing hilaga ay ang angkan ni Merari, na siyang pinagkati- walaan ng mga haligi, tungtungan, tabla, at iba pa; sa likod ay ang mga anak ni Gerson, na siyang pinagkatiwalaan ng mga kurtina at ng mga tabing.

Ang kalalagyan ng bawat tribo ay tiniyak rin. Ang bawat isa ay kinakailangang magmartsa at magtayo ng tolda sa siping ng kanyang sariling watawat, ayon sa ipinag-utos ng Panginoon: "Ang mga anak ni Israel ay magsisitayo bawat lalaki sa siping ng kanyang sariling watawat, na may tanda ng mga sambahayan ng kanyang mga magulang: sa tapat ng tabernakulo ng kapisanan ay tatayo sila sa palibot." "Ayon sa kanilang pagkahantong, ay gayon sila magsisisu- long, na bawat lalaki ay sa kanya-kanyang sariling dako, sa siping ng kanilang mga watawat." Mga Bilang 2:2, 17. Ang halo-halong kara- mihan na sumama sa Israel mula sa Ehipto ay hindi pinahintulutang magtayo sa lugar na kinaroroonan ng mga lipi, sa halip ay sa gawing gilid ng kampamento; at ang kanilang mga supling ay hindi maaaring makihalubilo sa kapisanan hanggang sa ikatlong saling lahi. Deuteronomio 23:7, 8.

Masusing kalinisan at mahigpit na kaayusan sa buong kampamento at sa paligid noon ang ipinatutupad. May ipinatutupad na ganap na alituntunin tungkol sa kalinisan. Ang sino mang maging marumi sa ano mang kadahilanan ay hindi pinapahintulutang pumasok sa kampamento. Kailangang-kailangan ang mga alituntuning ito upang maingatan ang kalusugan ng isang napakalaking

karamihan; at kailangan ding maingatan ang sakdal na kaayusan at kadalisayan, upang ikasiya ng Israel ang presensya ng isang banal [443] na Dios. Kaya't Kanyang inihayag: "Ang Panginoon mong Dios ay lumalakad sa gitna ng iyong kampamento, upang iligtas ka, at ibigay ang iyong mga kaaway sa harap mo; kaya't ang iyong kampamento ay magiging banal."

Sa lahat ng mga paglalakbay ng Israel, "ang kaban ng tipan ng Panginoon ay nasa unahan nila,...upang ihanap sila ng dakong kanilang mapagpapahingahan." Mga Bilang 10:33. Dala-dala ng mga anak ni Kohath, ang banal na kaban na naglalaman ng banal na kautusan ng Dios na nangunguna sa kanila. Sa harap noon ay si Moises at si Aaron at ang mga saserdote, na may dalang mga pa- kakak na yari sa pilak, ay nakahanay sa malapit. Ang mga saserdoteng ito ay tumatanggap ng ipinag-uutos ni Moises, na kanilang pinara- rating sa bayan sa pamamagitan ng mga pakakak. Tungkulin ng bawat pinuno ng mga pulutong ang magbigay ng tiyak na ipinag- uutos tungkol sa bawat kilos na kinakailangang gawin, na ipinaha- hayag sa pamamagitan ng pakakak. Ang sinumang hindi sumunod sa ipinag-uutos ay pinarurusahan ng kamatayan.

Ang Dios ay Dios ng kaayusan. Ang lahat ng bagay na kaugnay ng langit ay nasa sakdal na kaayusan; pagpapasakop at puspos na disipli- na ang nahahayag sa bawat galaw ng mga anghel. Ang tagumpay ay maaari lamang maganap sa kaayusan at magkakatugmang paggawa. Ipinag-uutos ng Dios ang kaayusan at sistema sa Kanyang gawain ngayon tulad sa kapanahunan ng Israel. Ang lahat ng gumagawa para sa Kanya ay kinakailangang gumawa na may katalinuhan, hindi sa isang walang bahala, at pahapyaw-hapyaw na paraan. Nais Niya na ang Kanyang gawain ay gawin na may pananampalataya at katiyakan, upang Kanyang matatakan iyon ng Kanyang tatak ng pagtanggap.

Ang Dios mismo ang nanguna sa Israel sa kanilang mga paglalakbay. Ang lugar na kanilang titigilan ay ipinapahayag sa pamamagitan ng pagbaba ng haliging ulap; at hanggang sa sila ay kinakailangang manatili sa kampamento, ang ulap ay nananatili sa ibabaw ng tabernakulo. Kapag sila ay kinakailangan nang magpatuloy sa kanilang paglalakbay iyon ay itinataas sa tapat ng banal na tolda. Isang solemneng dalangin ang kaalinsabay ng kanilang pagtigil at pag-alis. "At nangyari pagka ang kaban ay isinulong na sinabi ni Moises,

Bumangon ka, Oh Panginoon, at mangalat ang mga kaaway Mo, at magsitakas sa harap Mo ang nangapopoot sa Iyo. At pagka inila-
[444] pag ay kanyang sinabi, Bumalik ka, Oh Panginoon sa mga laksang libu- libong Israelita." Mga Bilang 10:35, 36.

Labing isang araw ng paglalakbay ang distansya sa pagitan ng Sinai at Cades, sa hangganan ng Canaan; sa kaisipan na sila ay ma- daling papasok, sa mabuting lupain ang mga Israelita ay humayo sa kanilang paglalakbay nang ang ulap ay magbigay ng hudyat sa pagsu- long. Si Jehova ay gumawa ng mga kababalaghan sa paghahatid sa kanila mula sa Ehipto, at anong pagpapala ang hindi nila maaaring asahan ngayon na sila ay nagkaroon na ng pormal na pakikipagtipan na tanggapin Siya bilang kanilang Hari, at sila'y kinilala bilang piniling bayan ng Kataas-taasan sa Lahat?

Gano'n pa man ay halos ayaw na nilang iwan ang lugar na matagal na nilang tinigilan. Halos itinuring na nila iyon na kanilang tahanan. Sa nakukublihang batong dingding na iyon ay tinipon ng Dios ang Kanyang bayan, hiwalay sa lahat ng mga bansa, upang ulitin sa kanila ang Kanyang banal na Kautusan. Inibig nila ang tumingin sa banal na bundok, na sa alon-along tuktok at kalbong mga gilid ang kaluwalhatian ng Dios ay malimit na hayag. Ang tanawin ay may malapit na kaugnayan sa presensya ng Dios na tila napakabanal upang iwan na lamang basta, o iwan man na masaya.

Sa hudyat ng mga pakakak, gano'n pa man, ang buong kampamento ay sumulong, ang tabernakulo ay nasa kanilang kalagitnaan, at ang bawat lipi ay nasa itinakdang lugar, sa sipi ng sariling watawat. Ang lahat ng mga mata ay matamang nagmamasid kung saan mag- hahatid ang lupa. Samantalang iyon ay kumikilos patungo sa sila- ngan, kung saan pawang mga kabundukan lamang ang nakalipon- pon, maitim at mapanglaw, isang pagkadama ng kalungkutan at pag- aalinlangan ang bumangon sa maraming mga puso.

Samantalang sila ay sumusulong, ang daan ay papahirap ng papa- hirap. Sila ay dumadaan sa mga mabatong bangin at mga kasukalan. Sa paligid nila ang malawak na ilang—"lupaing ilang at bako-bako," "lupaing may pagkakatuyo at lilim ng kamatayan," "lupain na walang dumaraan at walang taong tumatahan." Jereinias 2:6. Ang mabatong mga banginan sa malayo at sa malapit ay napuno ng mga lalaki, babae, at mga bata, kasamang mga hayop at mga

kariton, at ma- habang pila ng mga baka at mga tupa. Ang kanilang paglakad ay mabagal at nakapapagod; at ang karamihan, makalipas ang kanilang mahabang panahon ng pagkakampo, ay hindi handa upang pagtiisan ang panganib at kahirapan sa daan. [445]

Makalipas ang tatlong araw ng paglalakbay ay may narinig nang mga reklamo. Ang mga ito ay nagmula sa halo-halong karamihan, na ang marami doon ay hindi pa ganap na kaisa ng mga Israelita, at patuloy na nag-aabang ng mapupuna. Ang mga nagrereklamo ay hindi nasisiyahan sa direksyon ng paglalakbay, at patuloy na pinupu- na ang paraan ng pangunguna ni Moises, bagaman alam nila na siya, gano'n din sila, ay sumusunod sa nagpapatnubay na ulap. Ang hindi pagkasiya ay nakakahawa, at iyon ay mabilis na kumalat sa kampamento.

Muli silang dumaing para sa karneng makakain. Bagaman sagana sa mana, sila ay hindi nasisiyahan. Ang mga Israelita, sa panahon ng kanilang pagkaalipin sa Ehipto, ay napilitang kumain ng pinakasim- pleng pagkain; subalit sa matalas na panlasa bunga ng kasalatan at kabigatan ng gawain ay naging masarap iyon. Marami sa mga Ehipcio, gano'n pa man, na ngayon ay kasama na nila, ay nasanay sa maluhong pagkain; at sila ang mga kauna-unahan sa pagrereklamo. Sa pagbibigay ng mana, bago nakarating sa Sinai ang Israel, ang Panginoon ay nagbigay sa kanila ng karne bilang tugon sa kanilang daing; subalit ang ibinigay sa kanila ay sapat lamang sa isang araw.

Madaling-madali para sa Dios ang sila'y bigyan ng karne gano'n din ng mana, subalit sila ay ginawan ng paghihigpit para sa kanilang ikabubuti. Layunin Niyang tustusan sila ng pagkaing angkop sa kanilang kagustuhan ng higit kaysa sa hindi mahusay na pagkain na kanilang kinasanayan sa Ehipto. Ang nasira nilang panlasa ay kinakailangang maihatid sa isang higit na malusog na kalagayan, upang kanilang ikasiya ang orihinal na pagkain na itinakda para sa tao—ang mga prutas ng lupa, na ibinigay ng Dios kay Adan at kay Eva sa Eden. Ito ang dahilan kung bakit ang mga Israelita ay hinigpitan, sa isang malaking banda, sa pagkain ng hayop.

Sila ay tinukso ni Satanas upang ituring ang paghihigpit na ito na malupit at di makatarungan. Pinapagnasa niya sila sa ipinagbabawal na mga bagay, sapagkat nakita niya na ang di nasusupil na panlasa ay nakalilikha ng pagbibigay sa hilig ng laman, at sa pamamagitan nito

ang bayan ay madaling mapapasa ilalim ng kanyang kontrol. Ang may-akda ng karamdaman at paghihirap ay gumawa sa tao kung saan siya ay magkakaroon ng pinakamalaking pagtatagumpay. Sa pamamagitan ng mga tuksong may kinalaman sa panlasa ay nagawa
[446] niya, sa isang malaking banda, ang akayin ang tao sa kasalanan mula nang panahon na kanyang akitin si Eva na kumain ng ipinagbabawal na bunga ng punong kahoy. Sa ganitong paraan din niya inakit ang Israel upang magreklamo laban sa Dios. Ang kawalan ng pagtitimpi sa pagkain at sa pag-inom, humahantong sa ginagawa nitong pagbibigay laya sa mga pagnanasa ng laman, ang naghahanda ng daan upang baliwalain ng tao ang lahat ng kabutihan. Sa pagdating ng tukso, sila ay halos wala nang kapangyarihan upang tumanggi.

Dinala ng Dios ang mga Israelita mula sa Ehipto, upang Kanya silang maitatag sa Canaan, na isang dalisay, banal, at masayang bayan. Sa pagsasakatuparan ng layuning ito ay ipinailalim Niya sila sa isang landas ng pagdidisiplina, kapwa para sa sarili nilang kabutihan at sa ikabubuti ng kanilang magiging mga anak. Kung sila lamang ay naging handa upang tumanggi sa kanilang panlasa, sa pagsunod sa Kanyang mahusay na mga tagubilin, hindi sana sila nagkaroon ng panghihina at karamdaman. Ang kanilang mga anak sana ay nagkaroon ng malalakas na pangangatawan at kaisipan. Nagkaroon sana sila ng malinaw na pagkaunawa sa katotohanan at katungkulan, kahusayang pumili, at matalinong pagpapasiya. Subalit ang kanilang di pagpapa- sakop sa mga paghihigpit at mga ipinag-uutos ng Dios, ang naging sanhi, upang hindi nila makamtam sa isang malaking banda, ang makaabot sa mataas na pamantayan na nais ng Dios na kanilang maabot, at ang tumanggap ng mga pagpapalang handa Niyang ipagkaloob sa kanila.

Wika ng mang-aawit: "Kanilang tinukso ang Dios sa kanilang puso, sa paghingi ng pagkain sa kanilang pita. Oo, sila'y nagsalita laban sa Dios; kanilang sinabi, Makapaghahanda ba ang Dios ng dulang sa ilang? Narito Kanyang pinalo ang bato, na ang mga tubig ay bumubulwak, at ang mga bukal ay nagsisiapaw; makapagbibigay ba Siya ng tinapay naman? Ipaghahanda ba Niya ng karne ang Kanyang bayan? Kaya't narinig ng Panginoon at napoot." Awit 78:18-21.

Ang pagreklamo at pagkakagulo ay naging malimit sa panahon ng kanilang paglalakbay mula sa Dagat na Pula tungo sa Sinai, sub-

alit dahil sa habag sa kanilang kawalan ng kaalaman at pagkabulag ay hindi ng Dios pinarusahan ang kanilang mga kasalanan. Subalit mula noon ay inihayag na Niya ang Kanyang sarili sa Horeb. Sila ay tumanggap na ng dakilang liwanag, at sila ay naging mga saksi sa karilagan, kapangyarihan, at kahabagan ng Dios; at ang kanilang di paniniwala at pagiging hindi kontento ay naging mas [447]
malaking kasalanan. At higit pa doon, sila ay nangakong tatanggapin si Jehova bilang kanilang Hari at susunod sa Kanyang awtoridad. Ang kanilang pagrereklamo ngayon ay isang panghihimagsik, at kinakailangang tumanggap ng mabilis at hayag na parusa, kung ang Israel ay kinakailangang maingatan mula sa pagkakagulo at kapahamakan. "At ang apoy ng Panginoon ay sumunog sa gitna nila, at tinupok ang kahuli-hulihang bahagi ng kampamento." Ang pinakamay-sala sa mga nagreklamo ay pinatay ng kidlat mula sa ulap.

Ang bayan sa takot ay nakiusap kay Moises na makiusap sa Panginoon para sa kanila. Kanya iyong ginawa, at ang apoy ay napuk- sa. Bilang alaala sa kahatulang ito, ang lugar na iyon ay tinawag niyang Tabera, "isang pagsusunog."

Subalit ang kasamaan ay mabilis na naging malala kaysa dati. Sa halip na ang mga natira ay magpakumbaba at magsisi, ang kilabot na kahatulang ito ay tila nagpalala lalo sa kanilang pagreklamo. Sa lahat ng panig ang mga tao ay nasa pintuan ng kanilang mga tolda, umii- yak at nagmumukmok. "At ang halo-halong karamihan na nasa gitna nila ay nahulog sa kasakiman: at ang mga anak ni Israel naman ay muling umiyak, at nagsabi, Sino ang magbibigay sa atin ng karneng makakain? Ating naalaala ang isda, na ating kinakain sa Ehipto na walang bayad; ang mga pipino, at mga melon, at ang mga puero, at ang mga sibuyas, at ang bawang: ngunit ngayo'y ang ating kaluluwa ay natutuyo; walang kaano-anoman: sa ating harapan ay walang anoman kundi ang manang ito." Kaya't inihayag nila ang kanilang pagiging pagkawalang kasiyahan sa pagkaing ipinagkakaloob sa kanila ng kanilang Manlalalang. Gano'n pa man, sila ay may nagpapatuloy na katibayan na iyon ay angkop sa kanilang mga kagustuhan; sapagkat sa kabila ng mga kahirapang kanilang tinitiis, ay walang ni isa man sa kanilang mga lipi ang mahina.

Ang puso ni Moises ay nanlumo. Nakiusap na siyang huwag patayin ang Israel, bagaman ang sarili niyang mga anak ay gagawing

isang dakilang bayan. Sa kanyang pagmamahal sa kanila ay kanya nang idinalangin na ang kanyang pangalan ang alisin sa aklat ng buhay sa halip na sila ay pabayaang mamatay. Ipinahamak na niya ang lahat para sa kanila, at ito ang kanilang iginanti. Ang lahat ng kanilang mga paghihirap, maging ang mga kathang isip nilang mga kahira- pan, ay kanilang ibinibintang sa kanya; at ang kanilang
[448] masamang pagrereklamo ay higit pang nagpabigat sa pasanin at pananagutan na kanyang sinisikap pasanin. Sa kanyang pagkalito ay halos matukso na siyang mawalan ng pagtitiwala sa Dios. Ang kanyang dalangin ay naging halos isa na ring reklamo. "Bakit mo ginawan ng masama ang iyong lingkod? At bakit hindi ako nakasumpong ng biyaya sa Iyong paningin, na Iyong iniatang sa akin ang pasan ng buong bayang ito?... Saan ako kukuha ng karne upang ibigay sa buong bayang ito? sapagkat sila'y umiyak sa akin, na nagsisipagsabi, Bigyan mo kami ng karneng aming makakain. Hindi ko kayang dalhing mag-isa ang buong bayang ito, sapagkat totoong mabigat sa akin."

Ang Panginoon ay nakinig sa kanyang dalangin, at inutusan siyang tumawag ng pitumpu sa mga matanda ng Israel—mga lalaking hindi lamang sa edad ang pagkamatanda, kundi yaong may pagkamaginoo, mabuting kahatulan, at karanasan. "At dalhin mo sa tabernakulo ng kapisanan," wika Niya, "upang sila'y makatayo roon na kasama mo. At Ako'y bababa at makikipag-usap sa iyo doon; at Ako'y kukuha ng Espiritung sumasaiyo at Aking isasalin sa kanila; at kanilang dadalhin ang pasan ng bayan na kasama mo, upang huwag mong dalhing mag-isa."

Pinahintulutan ng Panginoon si Moises na piliin para sa kanyang sarili ang pinakatapat at mahusay na mga lalaki na makikibahagi ng responsibilidad na kasama niya. Ang kanilang impluwensya ay tutu- long upang iiwas ang bayan sa pagkakagulo, at pagkakaroon ng pag- hihimagsik; gano'n pa man, lubhang kasamaan ang pagdaka'y mang- yayari bunga ng pagkakataas sa kanila. Hindi naman sana sila pinili kung si Moises lamang ay nagpahayag ng pananampalataya ayon sa mga katibayang nakita niya sa kapangyarihan at kabutihan ng Dios. Subalit kanyang pinalaki ang sarili niyang pasanin at paglilingkod, na halos di na niya nakita ang katotohanan na siya ay pawang kasangka- pan lamang na ginagamit ng Dios. Siya ay walang anomang dahilan upang, kahit kaunti, ay magkaroon ng

espiritu ng pagreklamo na isang sumpa sa Israel. Kung siya lamang ay nanalig sa Dios, ang Panginoon ay patuloy sanang nagpatnubay sa kanya at nagbigay ng kalakasan sa bawat oras ng pangangailangan.

Si Moises ay inutusang ihanda ang bayan para sa nalalapit na gagawin ng Dios para sa kanila. "Magpakabanal kayo, para sa kinabu- kasan, at kayo'y magsisikain ng karne: sapagkat kayo'y nagsisiiyak sa pakinig ng Panginoon, na sinasabi, Sinong magbibigay sa amin ng karne na aming makakain? sapagkat maigi kahit [449] nang nasa Ehipto: dahil dito bibigyan kayo ng Panginoon ng karne at kakain kayo. Hindi ninyo kakaning isang araw, ni dalawang araw, ni limang araw, ni sampung araw, ni dalawang pung araw; kundi isang buong buwan, hanggang sa lumabas sa inyong mga ilong, at inyong kasuyaan: sapagkat inyong itinakwil ang Panginoon na nasa gitna ninyo, at kayo'y umiyak sa harap Niya, na nagsasabi, Bakit kami nakaalis sa Ehipto?"

"Ang bayan na kinaroroonan ko," pahayag ni Moises, "ay anim na raang libong katao na nakatayo; at iyong sinabi, Akin silang bibigyan ng karne na kanilang makakain sa buong buwan. Papatayin ba kaya ang mga kawan at mga bakahan upang magkasya sa kanila? o ang lahat ng isda sa dagat ay titipunin sa kanila upang magkasya sa ka- nila?"

Siya ay sinumbatan sa kanyang kawalan ng pagtitiwala: "Umikli na ba kaya ang kamay ng Panginoon? ngayo'y makikita mo kung ang Aking salita ay matutupad sa iyo o hindi."

Inulit ni Moises sa kapisanan ang sinalita ng Panginoon, at ipinahayag ang pagpili sa pitumpung matatanda. Ang tagubilin ng dakilang pinunong ito ay maaaring maging huwaran ng pagiging ganap ng kapasyahan ng mga hukom at mga mambabatas sa panahong kasalukuyan: "Inyong didinggin ang mga usap ng inyong mga kapa- tid, at ang taga ibang lupa na kasama niya. Huwag kayong magtata- ngi ng tao sa kahatulan; inyong didinggin ang maliit, na gaya ng malaki: huwag kayong matatakot sa mukha ng tao; sapagkat ang kahatulan ay sa Dios." Deuteronomio 1:16, 17.

Inanyayahan ngayon ni Moises ang pitumpu upang pumunta sa tabernakulo. "At ang Panginoon ay bumaba sa ulap, at nagsalita sa kanya; at kumuha ng espiritung sumasa kanya at isinalin sa pitumpung matanda: at nangyari, na nang suma kanila ang Espiritu, ay nangang- hula, ngunit hindi na sila umulit." Tulad sa mga alagad

nang araw ng Pentecostes, sila ay pinagkalooban ng "kapangyarihan mula sa langit." Ikinasiya ng Panginoon na sila'y ihanda sa kanilang gawain sa gano'ng paraan, at parangalan sila sa harap ng kapisanan, upang maitatag ang pagtitiwala sa kanila bilang mga lalaking pinili upang makiisa kay Moises sa pamamahala sa Israel.

Sa muli ay nagbigay ng katibayan ng marangal, at di-makasariling espiritu ng dakilang pinuno. Dalawa sa pitumpu, na sa pagpapakaba- ba ay hindi itinuring ang kanilang sarili na karapat-dapat
[450] sa gano'n kataas na posisyon, at hindi sumama sa tabernakulo; subalit ang Espiritu ng Dios ay napasa kanila sa lugar na kanilang kinaroroonan, at sila, rin, ay nagkaroon ng kaloob ng pagka propeta. Nang maba- litaan ito, ninais ni Josue na pigilin iyon, sa pangambang baka iyon ay maghatid sa pagkakampi-kampi. Alang-alang sa karangalan ng kanyang panginoon, "panginoon kong Moises," wika niya, "pagba- walan mo sila." Ang tugon ay, "Ikaw ba'y may paninibugho sa akin? ibigin nawa na ang buong bayan ng Panginoon ay maging propeta na isinakanila ng Panginoon ang Kanyang Espiritu!"

Isang malakas na hanging humihihip mula sa dagat ang ngayon ay naghatid ng mga puso, "may isang araw lakarin sa dakong ito, at isang araw lakarin sa kabilang dako sa palibot ng kampamento, at nagsilipad na may dalawang siko ang taas sa balat ng lupa." Mga Bilang 11:31. Buong maghapon at magdamag, hanggang sa sumunod na araw, ang bayan ay namulot ng pagkain na makababalaghang ipinagkaloob. Napakarami ang natipon. "Yaong kaunti ang napisan ay nakapisan ng sampung omer." Ang lahat ng kailangan para sa kasalukuyang gamit ay iningatan sa pamamagitan ng pagtutuyo, kaya't ang pagkain, ayon sa ipinangako, ay naging sapat para sa loob ng isang buwan.

Ang bayan ay binigyan ng Dios ng hindi lubos na makabubuti sa kanila, sapagkat sila ay nagpilit sa pagnanasa noon; hindi sila masiya- han doon sa mga bagay na makabubuti sa kanila. Ang kanilang mapanghimagsik na nasa ay ipinagkaloob, subalit sila ay iniwan u- pang magdusa sa bunga noon. Sila ay kumain na walang pagpipigil, at ang kanilang mga kalabisan ay mabilis na pinarusahan. "Sinaktan ng Panginoon ang bayan ng isang salot na di kawasa." Malaking bilang ang namatay dahil sa matinding lagnat, samanta-

lang ang mga pasimuno sa kasalanang iyon ay nangamatay nang kanilang malasa- han ang pagkain na kanilang ninasa.

Sa Haseroth, ang sumunod na lugar ng kampamento matapos iwan ang Tabera, isa pang mapait na pagsubok ang naghihintay kay Moises. Si Aaron at sa Miriam ay nagkaroon ng posisyong may mataas na karangalan at pangunguna sa Israel. Ang dalawa ay kapwa may kaloob ng pagiging propeta, at kapwa iniugnay ng Dios kay Moises sa pagliligtas sa mga Hebreo. "Aking sinugo sa unahan mo si Moises, si Aaron, at si Miriam" (Mikas 6:4), ang sinalita ng Panginoon sa pamamagitan ng propetang Mikas. Ang pagkatao ni Miriam ay maagang nahayag nang sa kanyang kabataan [451] ay kanyang binantayan sa tabi ng ilog ang maliit na basket kung saan natatago ang sanggol na si Moises. Ang kanyang pagiging mapagpigil sa sarili at kahusayan ay ginamit ng Dios sa pag-iingat sa tagapagligtas ng Kanyang bayan. Mayaman sa kaloob ng titik at tugtugin, si Miriam ang nanguna sa kababaihan ng Israel sa awit at sayaw sa pangpang ng Dagat na Pula. Sa pag-ibig ng bayan at pagpaparangal ng Langit siya ay tumindig na ikalawa lamang kay Moises at kay Aaron. Subalit ang kasamaang naghatid ng kagulo sa langit ay bumangon sa puso ng babaeng ito ng Israel, at hindi siya nabigong makasumpong ng kara- may sa kanyang sama ng loob.

Sa pagpili ng pitumpung matanda si Miriam at si Aaron ay hindi sinangguni, at sila ay nagkaroon ng inggit kay Moises. Nang du- malaw si Jethro, samantalang ang mga Israelita ay nasa kanilang daan patungo sa Sinai, ang handang pagtanggap ni Moises na payo ng kanyang biyanan ay nagbangon kay Aaron at kay Miriam ng isang pangamba na ang kanyang impluwensya sa dakilang pinuno ay hu- migit sa impluwensya nila. Sa pagbubuo ng kalipunan ng mga matanda sila ay nakadama na ang kanilang posisyon at awtoridad ay nabaliwa- la. Hindi batid ni Miriam at ni Aaron ang bigat ng pasanin at responsibilidad na nakasalalay kay Moises; gano'n pa man sapagkat sila'y napili upang tulungan siya at itinuring nila ang kanilang sarili na kapantay niya sa pasanin ng pamumuno, at itinuring nila ang pagpili ng iba pang mga katulong ay hindi na kailangan.

Nadama ni Moises ang kahalagahan ng dakilang gawain na ip- inag- katiwala sa kanya na di kailanman nadama ng iba. Nadama niya ang sarili niyang kahinaan, at ginawa niyang kanyang tagapayo

ang Dios. Itinuring ni Aaron ang kanyang sarili ng higit sa nararapat, at nagti- wala ng mas kaunti sa Dios. Siya ay nabigo nang siya ay pagkatiwa- laan ng responsibilidad, pinatutunayan ang kahinaan ng kanyang pagkatao sa di-mabuting pagsang-ayon sa pagsamba sa diyus-diyusan sa Sinai. Subalit si Miriam at si Aaron, binulag ng inggit at ambisy- on, ay nawalan ng pananaw dito. Si Aaron ay lubos na pinarangalan ng Dios sa pagkakapili ng Dios sa kanyang sambahayan sa banal na tungkulin ng pagkasaserdote; subalit maging ito ngayon ay naka- dagdag sa kanyang pagnanasang itaas ang sarili. "At kanilang sinabi, Ang Panginoon ba'y kay Moises lamang nakipagsalitaan? hindi ba nakipagsalitaan din naman sa atin?" Itinu-
[452] turing ang kanilang mga sarili na kapantay rin sa paningin ng Dios, kanilang nadama na sila ay karapat-dapat din sa gano'ng posisyon at awtoridad.

Sa pagbibigay daan sa espiritu ng pagkakaroon ng sama ng loob, si Miriam ay nakasumpong ng dahilan upang magreklamo sa mga pangyayaring bukod tanging ginamit na ng Dios. Ang pag-aasawa ni Moises ay hindi niya gusto. Ang siya ay pumili ng isang babae mula sa ibang bayan, sa halip na kumuha ng mapapangasawa mula sa mga Hebreo, ay nakapagpapasama ng loob sa kanyang pamilya at sa pang- bayang pagmamalasakit. Si Zepora ay pinakitunguhan ni Miriam ng mga nakakubling sama ng loob.

Bagaman tinawag na isang "babaeng Cusita" (Mga Bilang 12:1), ang asawa ni Moises ay isang Medianita, kaya't mula sa inanak ni Abraham. Sa anyo siya ay kakaiba sa mga Hebreo dahil higit na matingkad ang kanyang kulay. Bagaman siya ay hindi isang Israelita, si Zepora ay isang sumasamba sa tunay na Dios. Siya ay may pag- kamahiyain, mahinhin at kaibig-ibig, at lubhang natataranta pagnaka- kakita ng nagdurusa; at ito ang dahilan kung bakit si Moises, sa daan pagtungo sa Ehipto, ay pumayag na siya ay bumalik sa Media. Nais ni Moises na siya ay iiwas sa pagsaksi sa mga hatol na pararatingin ng Dios sa mga Ehipcio.

Nang si Zepora ay muling sumama sa kanyang asawa sa ilang, nakita niya na ang gawain ni Moises ay nakakaubos sa kanyang lakas, at kanyang inihayag ang kanyang mga pangamba kay Jethro, na nagbigay ng mungkahing makatutulong sa kanya. Ito ang tampok na dahilan sa di magandang pagtingin ni Miriam kay Zepora. Sinasang- kalan ang sinabing pagkakabaliwala sa kanya at kay

Aaron, inisip niya na ang asawa ni Moises ang dahilan, at inisip na ang kanyang impluwensya ang dahilan kung bakit sila ay hindi sinangguni gaya nang dati. Kung si Aaron ay nanindigan lamang sa tama, maaari sana niyang nasupil ang kasamaan; subalit sa halip na ipakita kay Miriam ang kasamaan ng kanyang ginagawa, siya ay nakiramay sa kanya, nakinig sa kanyang mga pagreklamo, at nakiisa sa kanyang pani- nibugho.

Ang kanilang mga paratang ay dinala ni Moises sa pamamagitan ng di nagrereklamong katahimikan. Ang karanasan na natamo sa mga taon ng paggawa at paghihintay sa Media—ang espiritu ng pagpapakumbaba at pagkamatiisin na nabuo—ang naghanda kay Moises upang harapin na may pagpapasensya ang di paniniwala at pagreklamo ng bayan at ang pagmamataas at inggit noong mga [453] naging tapat niyang mga katulong. "Si Moises ay totoong maamong loob, na higit kay sa lahat ng lalaking nasa ibabaw ng lupa," kaya't siya ay pinagkalooban ng Dios ng karunungan at pagpatnubay na higit sa iba. Wika ng kasulatan, "Ang maamo ay papatnubayan Niya sa kahatulan: At ituturo Niya sa maamo ang daan Niya." Awit 25:9. Ang maamo ay pinapatnubayan ng Panginoon sapagkat sila ay natuturuan, at nagpapaturo. Mayroon silang taimtim na pagnanasang maalaman at isakatuparan ang kalooban ng Dios. Ang pangako ng Tagapagligtas ay, "Kung ang sinumang tao ay nag-iibig gumawa ng Kanyang kalooban, ay makikilala niya ang turo." Juan 7:17. At Kanyang ipinapahayag sa pamamagitan ni apostol Santiago, "Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kanya." Santiago 1:5. Subalit ang Kanyang pangako ay para lamang doon sa lubos na handang sumunod sa Panginoon. Hindi ng Dios pinipilit ang kalooban ninoman; kaya't hindi Niya mapapatnubayan yaong mga hindi nagpapaturo, na ang hilig ay ang sarili nilang paraan. Sa nagdadalawang isip na tao—sa kanya na nagsisikap sundin ang sarili niyang kalooban, samantalang nag-aang- lang ginagawa ang kalooban ng Dios—ay nasusulat, "Huwag isipin ng taong yaon na siya'y tatanggap ng anomang bagay sa Panginoon." Santiago 1:7.

Pinili ng Dios si Moises, at inilagay ang Kanyang espiritu sa kanya; at si Miriam at si Aaron, sa pamamagitan ng kanilang pagreklamo, ay nagkakasala ng pagiging hindi tapat, hindi lamang

sa piniling pinuno nila, kundi pati sa Dios mismo. Ang mapanghimagsik na nagbu- bulung-bulungan ay pinapunta sa tabernakulo, at nakipagharapan kay Moises. "At ang Panginoon ay bumaba sa isang tila haliging ulap, at tumayo sa pintuan ng tolda, at tinawag si Aaron at si Miriam." Ang kanilang inaangking kaloob ng pagkapropeta ay hindi binaliwala; sila sana ay maaaring makausap ng Dios sa pamamagitan ng mga pana-ginip at mga pangitain. Subalit si Moises, na ang Panginoon mismo ay nagsabing "tapat sa Aking buong bahay," isang higit na malapit na pakikipag-ugnayan ang ipinagkaloob. Ang Dios ay naki- pag-usap sa kanya ng bibig sa bibig. "Bakit nga hindi kayo natakot na magsalita laban sa Aking lingkod, laban kay Moises? At ang galit ng Panginoon ay nagningas
[454] laban sa kanila; at Siya'y umalis." Ang ulap ay umalis mula sa tabernakulo bilang tanda ng galit ng Panginoon, at si Miriam ay hinampas. Siya ay "nagkaketong na pumuting gaya ng niebe." Si Aaron ay hindi hinampas, subalit siya ay lubhang nasum- batan sa pagpaparusa kay Miriam. Ngayon, ang kanilang pagmamataas ay ibinaba sa alabok, ipinagtapat ni Aaron ang kanilang kasalanan, at nakiusap na ang kanyang kapatid ay huwag iwan sa nakamamatay na kalagayan. Bilang tugon sa dalangin ni Moises ang ketong ay nalinis. Si Miriam, gano'n pa man, ay inilabas sa kampamento sa loob ng pitong araw. Hangga't hindi siya inilalabas sa kampamento ay hindi bumalik ang tanda ng kaluguran ng Dios sa tabernakulo. Bilang paggalang sa kanyang mataas na kalagayan, at sa kalungkutan sa sakunang sumapit sa kanya, ang buong bayan ay nanatili sa Haseroth, hanggang sa siya'y makabalik.

Ang pagpapahayag na ito ng Dios ng galit ay isang babala sa buong Israel, upang supilin ang lumalagong espiritu ng pagkawalang kasiyahan at hindi pagpapasakop. Kung ang paninibugho at kawalang kasiyahan ni Miriam ay hindi hayagang sinumbatan, maaaring iyon ay nagbunga ng malaking kasamaan. Ang paninibugho ay isa sa pinaka likas ni Satanas na nananahan sa puso ng tao, at isa iyon sa pinakamasama ang ibinubunga. Wika ng pantas na lalaki, "Poot ay mabagsik, at ang galit ay mamumugnaw, ngunit sinong makatatayo sa harap ng paninibugho?" Kawikaan 27:4. Paninibugho ang unang naghatid ng di masukat na kasamaan sa mga tao. "Sapagkat kung saan mayroong paninibugho at pagkakampi-kampi, ay doon mayroong kaguluhan at lahat ng gawang masama." Santiago 3:16.

Hindi dapat ituring na isang maliit na bagay ang magsalita ng masama tungkol sa iba o ang gawin ang ating mga sarili na tagahatol sa kanilang layunin o kilos. “Huwag kayong mangagsalita ng laban sa isa’t-isa, mga kapatid. Ang nagsasalita laban sa kapatid, o humahatol sa kanyang kapatid, ay nagsasalita laban sa kautusan, hindi ka na tagatupad ng kautusan, kundi hukom.” Santiago 4:11. Isa lamang ang hukom—Siya na “maghahayag ng mga bagay na nalilihim sa kadiliman, at ipahahayag naman ang mga haka ng puso.” 1 Corinto 4:5. At sinomang humahatol sa kanyang kapwa-tao ay umaangkin sa karapatan ng Manlalalang.

Ang Banal na Kasulatan ay bukod tanging nagtuturo sa atin na mag-ingat sa pagturing ng maliit na bagay ang pag-aakusa laban sa mga tinawagan ng Dios upang maging Kanyang mga kinatawan. Si [455]
apostol Pedro, sa paglalarawan ng isang grupo ng waglit na mga makasalanan, ay nagsabi, “Mga pangahas, mapagsariling kalooban, sila’y hindi natatakot na mag-alipusta sa mga pangulo: samantalang ang mga anghel, bagama’t lalong dakila ang lakas at kapangyarihan, ay hindi nagtataglay ng paghatol na may alipusta laban sa kanila sa harapan ng Panginoon.” 2 Pedro 2:10, 11. At si Pablo, sa kanyang tagubilin doon sa mga inilagay upang mangasiwa sa iglesia, ay nagsabi, “Laban sa matanda ay huwag kang tatanggap ng sumbong, mali- ban sa dalawa o tatlong saksi.” 1 Timoteo 5:19. Siya na naglagay sa tao ng mabigat na pananagutan bilang mga pinuno at mga guro ng Kanyang bayan ay hahatulan ang bayan kung paano nila pinakitu- nguhan ang Kanyang mga lingkod. Kinakailangang parangalan natin yaong mga pinarangalan ng Dios. Ang hatol na pinarating kay Miriam ay kinakailangang magsilbing isang sumbat sa lahat ng nagbibigay daan sa paninibugho, at nagrereklamo laban doon sa mga pinagkatiwalaan ng Dios ng pasanin ng Kanyang gawain. [456]

## Kabanata 34—Ang Labindalawang Tiktik

Ang kabanatang ito ay batay sa Mga Bilang 13 at 14.

Labing-isang araw makalipas ang paglisan sa bundok ng Horeb ang mga Hebreo ay nagkampo sa Kadesh, sa ilang ng Paran, na hindi malayo sa mga hangganan ng Lupang Pangako. Dito ay iminungkahi ng bayan na magsugo ng mga tiktik upang suriin ang bansa. Ang bagay na iyon ay inihayag ni Moises sa Panginoon, at sila ay binigyan ng pahintulot, na ipinag-utos na isa sa mga pinuno ng bawat lipi ay piliin para sa layuning ito. Ang mga lalaki ay pinili ayon sa ipinag-utos, at sila ay sinugo ni Moises upang tingnan ang bansa, kung ano iyon, ang kalagayan at ang mga likas na kayamanan; at ang mga taong nakatira doon, kung sila ay malakas o mahina, kakaunti o marami; at upang bigyang pansin din ang likas ng lupa ang pagiging mabunga noon at upang magdala ng bunga ng lupain.

Sila ay humayo, at sinuri ang buong lupain, pumasok sa gawing hilaga hanggang sa gawing timog. Sila ay nagbalik makalipas ang apatnapung araw. Ang bayan ng Israel ay may matatayog na pag-asa at matamang naghintay na may pananabik. Ang balita tungkol sa pagbabalik ng mga tiktik ay masayang pinarating sa bawat lipi. Ang bayan ay mabilis na nagsilabas upang katagpuin ang mga sugo, na nakaligtas sa mga panganib ng kanilang lakad. Ang mga tiktik ay nagdala ng mga prutas ng lupain, na nagpapahayag ng katabaan ng lupa. Panahon noon ng mga hinog na ubas, at sila ay nagdala ng isang kumpol ng ubas na napakalalaki kaya't dala ng dalawang lalaki. Sila ay nagdala rin ng mga igos at granada na marami doon.

Ang bayan ay nagalak sapagkat sila'y titira sa isang mabuting lupain, at sila ay matamang nakinig sa mga ulat na pinarating kay Moises, upang huwag wala kahit isang salita ang hindi nila marinig. "Kami ay dumating sa lupaing yaong pinaparoonan mo sa amin," simula ng mga tiktik, "at tunay na binubukalan ng gatas at pulot; at ito ang bunga niyaon." Ang bayan ay masayang-masaya; may kasabikan nilang susundin ang tinig ng Panginoon, at mabilis na

hahayo upang kupkupin ang lupain. Subalit matapos ilarawan ang kagandahan at katabaan ng lupain, ang lahat liban sa dalawa sa mga [457] tiktik ay pi- nalaki ang mga kahirapan at mga panganib na nasa harapan ng mga Israelita kung kanilang isasagawa ang pagkupkop sa Canaan. Binay- bay nila ang makapangyarihang mga bansa na nasa iba't-ibang bahagi ng lupain, at sinabi na ang mga lungsod ay napapaderan at lubhang malalaki, at ang mga taong naninirahan doon ay malalakas, at imposible ang sila'y malupig. Kanila ring sinabi na sila'y nakakita ng mga taong malalaki, ang mga anak ni Anac, doon, at walang saysay ang isiping ang lupain ay kukupkupin.

Ang tagpo ay nagbago. Ang pag-asa at lakas ng loob ay nagbigay lugar sa pagkaduwag at kawalan ng pag-asa, samantalang isinasaysay ng mga tiktik ang damdamin ng kanilang di naniniwalang mga puso, na puno ng kawalan ng lakas ng loob dahil sa udyok ni Satanas. Ang kanilang di pananalig ay nagsabog ng malungkot na lilim sa kapisanan, at ang kapangyarihan ng Dios, na malimit na nahayag para sa Kanyang bayan, ay nakalimutan. Ang bayan ay hindi na nagbigay ng panahon upang magmuni-muni; hindi nila inisip na Siya na nag- hatid sa kanila hanggang sa lugar na kanilang kinaroroonan ay tiyak na ibibigay sa kanila ang lupain; hindi nila isinaisip ang kahanga- hangang pagliligtas sa kanila ng Dios mula sa mga nang-aapi sa kanila, na naghiwa ng landas sa dagat at pumatay sa humahabol sa kanila na hukbo ni Faraon. Hindi nila isinali sa usapan ang Dios, at kumilos na tila ang lahat ay nakasalalay sa kapangyarihan ng armas.

Sa kanilang hindi paniniwala ay linagyan ng hangganan ang kapangyarihan ng Dios at hindi pinagtiwalaan ang kamay na ligtas na nag- patnubay sa kanila hanggang sa dakong ito. At kanilang inulit ang dati nilang pagkakamali na pagreklamo laban kay Moises at kay Aaron. "Ito, ngayon, ang wakas ng ating matataas na pag-asa," wika nila. "Ito ang lupain na ating nilakbay mula sa Ehipto upang kupkupin." Pinaratangan nila ang kanilang mga pinuno ng panglilinlang sa bayan at paghahatid ng kaguluhan sa Israel.

Ang bayan ay naging desperado sa kanilang pagkabigo at kawalan ng pag-asa. Isang iyak ng paghihirap ang bumangon kasabay ng magulong pagrereklamo ng mga tinig. Hinarap ni Caleb ang kalagayan, at, matapang na tumindig upang ipagtanggol ang salita ng Dios, ginawa niya ang buo niyang makakayanan upang

salungatin ang masamang impluwensya ng mga kasama niyang hindi tapat. Ang bayan ay biglang tumahimik upang pakinggan ang mga
[458] salita ng pag-asa at kalakasan ng loob tungkol sa mabuting lupain. Hindi niya sinalungat ang mga naunang sinabi; ang mga pader ay matataas at ang mga Canaanita ay malalakas. Subalit ipinangako ng Dios ang lupain sa Israel. "Ating akyatin paminsan, at ating ariin," kanyang ipinagpilitan, "sapagkat kaya nating lupigin."

Subalit ang sampu, sa pagsabat sa kanya, ay inilarawan ang mga kahirapan ng higit sa dati. "Hindi tayo makaakyat laban sa bayan," ang pahayag nila; "sapagkat sila'y malakas kay sa atin.... Lahat ng bayan na aming nakita roon, ay mga taong malalaki. At doo'y aming nakita ang mga Nefilim, ang mga anak ni Anac, na mula sa mga Nefilim: at kami sa aming sariling paningin ay naging parang mga balang, at gayon din kami sa kanilang paningin."

Ang mga lalaking ito sa pagkakasubo sa isang maling landas, ay nagmatigas sa kanilang paglaban kay Caleb at Josue, laban kay Moises, at laban sa Dios. Bawat hakbang ay lalo pang nagpatigas sa kanila. Sila ay nagpasyang huwag ituloy ang anomang hakbang upang ariin ang Canaan. Kanilang pinabulaanan ang katotohanan upang kanilang mapagtibay ang kanilang masamang impluwensya. Iyon ay "isang lupain na kinakain ang mga tumatahan," wika nila. Hindi lamang ito isang masamang ulat, kundi isang kasinungalingan. Iyon ay nagkakasalungatan sa sarili niyon. Inihayag ng mga tiktik na ang lupain ay mabunga at maunlad, at ang mga tao ay malalaki, ang lahat ng iyon ay hindi maaaring maging totoo kung ang paligid ay hindi kaaya-aya at ang lupain ay masasabing "isang lupain na kinakain ang mga tumatahan." Subalit kung ang puso ng tao ay mag- bigay daan sa di paniniwala kanilang inilalagay ang kanilang mga sarili sa pangangasiwa ni Satanas, at walang makapagsasabi kung hanggang saan niya sila aakayin.

"At ang buong kapisanan ay naglakas ng kanilang tinig, at humiyaw; at ang bayan ay umiyak ng gabing yaon." Paghihimagsik at hayagang pag-aalsa ang mabilis na sumunod; sapagkat puspos na ang pangangasiwa ni Satanas, at ang bayan ay tila nawala na sa sarili. Kanilang sinumpa si Moises at si Aaron, hindi iniisip na ang Dios ay nakikinig sa kanilang masasamang mga pananalita, at, nakakubli sa tila haliging ulap, ang Anghel ng Kanyang presensya ay nagmamasid sa kanilang kilabot na pagbubuhos ng galit. Sila'y

umiyak na may kapaitan. “Nangamatay na sana tayo sa lupain ng Ehipto! o kaya’y nangamatay na sana tayo sa ilang na ito!” At ang kanilang damdamin ay nag-alsa laban sa Dios: “At bakit kaya [459] tayo dinala ng Panginoon sa lupaing ito, upang tayo’y mabuwal sa tabak? Ang ating mga asawa at ang ating mga anak ay magiging mga huli: hindi ba magaling sa atin ang tayo’y magbalik sa Ehipto. At nangag-usapan sila, Tayo’y magla- gay ng isang kapitan at tayo’y magbalik sa Ehipto.” Sa gano’ng paraan ay kanilang pinaratangan hindi lamang si Moises, kundi pati ang Dios mismo, ng panglilin-lang, sa pagbibigay ng pangako tungkol sa isang lupain na hindi nila maaaring ariin. At sila’y humantong pa sa pagpili ,ng isang kapitan upang manguna sa kanila pabalik sa lupain ng kanilang paghihirap at pagkaalipin, kung saan sila ay inialis ng makapangyarihang bisig ng Makapangyarihan sa Lahat.

Sa pagpapakumbaba at pagkalito “Si Moises at si Aaron ay nag- patirapa sa harap ng buong kapulungan ng kapisanan ng mga anak ni Israel,” hindi alam kung ano ang gagawin upang supilin ang kanilang marahas at mapagnasang layunin. Sinikap ni Caleb at ni Josue na payapain ang pagkakagulo. Sa kanilang pinunit na damit tanda ng kanilang kalungkutan at galit, sila ay pumunta sa mga tao, at ang kanilang tumataginting na mga tinig ay narinig sa kabila ng kagulu- han ng mga pag-iyak at mapanghimagsik na kalungkutan: “Ang lupain na aming dinaanan upang tiktikan ay isang napakainam na lupain. Kung kalugdan tayo ng Panginoon ay dadalhin nga Niya tayo sa lupaing yaon at ibibigay Niya sa atin; na yao’y lupaing binubukalan ng gatas at pulot. Huwag lamang kayong manghimagsik laban sa Panginoon, ni matakot sa bayan ng lupaing yaon, sapagkat sila’y tinapay sa atin; ang Kanyang kalinga ay inilayo sa kanila, at ang Panginoon ay sumasaatin: huwag kayong matakot sa kanila.”

Napuno ng mga Canaanita ang takal ng kanilang kasamaan, at ang Panginoon ay hindi na makapagpapaumanhin sa kanila. Sapagkat wala na ang Kanyang pag-iingat sa kanila, sila ay madaling mapinsa- la. Sa pamamagitan ng pangako ng Panginoon ang lupain ay na- kasiguro na sa Israel. Subalit ang hindi totoong ulat ng mga hindi tapat na tiktik ay tinanggap, at dahil doon ang buong kapisanan ay nalinlang. Nagawa na ng mga taksil ang kanilang gawain. Kung ang dalawang lalaki lamang ang naghatid ng masamang ulat, at ang

lahat nang sampu ay umakit sa kanila upang angkinin ang lupain, kanila pa ring pakikinggan ang payo ng dalawa ng higit sa sampu. Subalit dalawa lamang ang naghahatid ng katotohanan, samantalang [460] sampu ang nasa panig ng panghihimagsik.

Ang mga hindi tapat na tiktik ay bulgar sa kanilang pagtuligsa kay Caleb at kay Josue, at ang sigaw ay ibinangon upang sila ay batuhin. Ang kalipunan na nasiraan na ng bait ay dumampot ng mga bato upang patayin ang mga tapat na mga lalaki. Tumakbo sila patungo sa harap na may sigaw ng pagka-ulol, nang bigla na lamang nanghulog ang mga bato mula sa kanilang mga kamay, dumapo sa kanila ang katahimikan, at sila ay nanginig sa takot. Ang Dios ay namagitan upang supilin ang kanilang nakamamatay na panukala. Ang kaluwalhatian ng Kanyang presensya, tulad sa nagniningas na liwanag, ang nagliwanag sa tabernakulo. Nakita ng buong bayan ang hudyat ng Panginoon. Isang makapangyarihan sa kanila ang naghayag ng Kanyang sarili, ang walang sinomang nangahas na ipagpapatuloy ang kanyang paglaban. Ang mga tiktik na naghatid ng masamang ulat at tinamaan ng takot, ay madaling nagtungo sa kanilang mga tolda.

Si Moises ay tumindig at pumasok sa tabernakulo. Ang Panginoon ay nagpahayag sa kanya, "Aking sasaktan sila ng salot, at hindi ko sila pamamanahan at gagawin kita na isang bansang malaki at matibay kay sa kanila." Subalit muling nakiusap si Moises alang-alang sa kanyang bayan. Hindi siya makapayag na sila ay puksain, at siya mismo ang gawing higit na matibay na bansa. Sa pakikiusap sa kaawaan ng Dios, ay kanyang sinabi: "Idinadalangin ko sa Iyo, na itulot Mo na ang kapangyarihan ng Panginoon ay maging dakila, ayon sa Iyong sinalita, na sinasabi. Ang Panginoon ay banayad sa pagkagalit at sagana sa kaawaan.... Ipatawad Mo isinasamo ko sa Iyo, ang kasamaan ng bayang ito ayon sa kalakhan ng Iyong kaawaan, at ayon sa Iyong pagpapatawad sa bayang ito, mula sa Ehipto hanggang ngayon."

Ang Panginoon ay nangakong ililigtas ang Israel mula sa karakara- kang kamatayan; subalit dahil sa kanilang kaduwagan at di paniniwa- la hindi Niya maaaring ipahayag ang Kanyang kapangyarihan upang puksain ang kanilang mga kalaban. Kaya't sa Kanyang kaawaan ay inutusan Niya sila, bilang tangi nilang ikaliligtas, na bumalik sa daang patungo sa Dagat na Pula.

Sa kanilang panghihimagsik ang bayan ay nagsabi, "Nangamatay na sana tayo sa ilang na ito!" Ngayon ang dalanging ito ay tutugunin. Ipinahayag ng Panginoon: "Tunay na kung paano ang sinalita ninyo sa Aking pakinig ay gayon ang gagawin Ko sa inyo: ang inyong mga bangkay ay mangabubuwal sa ilang na ito; ay yaong lahat na nanga- bilang sa inyo ayon sa inyong kabuuan ng bilang, mula sa [461]
dala- wampung taong gulang na patanda.... Ngunit ang inyong mga bata, na inyong sinabing magiging mga huli ay Aking papapasukin, at kanilang makikilala ang lupain na inyong itinakwil." At tungkol kay Caleb ay Kanyang sinabi, "Ang Aking lingkod na si Caleb, sapagkat siya'y nagtaglay ng ibang diwa at siya'y sumunod na lubos sa Akin, ay Aking dadalhin siya sa lupain na kanyang pinaroonan; at aariin ng kanyang lahi." Kung paanong ang mga tiktik ay gumugol ng apatna- pung araw sa kanilang paglalakbay, gano'n din naman ang mga Israelita ay maglalagalag sa ilang sa loob ng apat na pung taon.

Nang ipahayag ni Moises sa bayan ang kapasyahan ng Dios, ang kanilang pagkagalit ay napalitan ng pagluksa. Alam nila na ang paru- sa sa kanila ay makatarungan. Ang sampung hindi tapat na mga tiktik, na hinampas ng Dios ng salot, ay nangamatay sa harap ng buong Israel; at sa nangyari sa kanila ay natanto ng bayan ang sarili nilang kahihinatnan.

Sila ay tila lubos na nagsisisi sa kasamaan ng kanilang ginawa; subalit sila ay nalungkot dahil sa ibinunga ng masama nilang ginawa sa halip na dahil sa pagkadama ng pagkakaroon nila ng kawalan ng utang na loob at pagiging masuwayin. Nang kanilang masumpungan na ang Panginoon ay hindi nabagbag sa Kanyang ipinasya, ang kanilang sariling kalooban ay muling nagbangon, at kanilang ipinahayag na hindi na sila babalik sa ilang. Sa pag-uutos sa kanila na umalis mula sa lupain ng kanilang mga kalaban, ay sinusubok ng Dios ang kanilang pagpapahayag ng pagpapasakop at napatunayan na iyon ay hindi tunay. Alam nila na sila'y lubhang nagkasala sa pagpapahin- tulot sa kanilang damdamin na mangibabaw sa kanila at sa pagta- tangkang patayin ang mga tiktik na pumipilit sa kanila na sundin ang Dios; subalit sila ay natakot lamang na masumpungang nakagawa ng isang kilabot na pagkakamali, na ang bunga noon ay kanilang ikapa- pahamak. Ang kanilang mga puso ay hindi pa rin nagbabago, at nangangailangan lamang sila ng dahilan upang

isagawa muli ang anyong pag-aalsa. Ito ay nahayag nang si Moises, sa kapangyarihan ng Dios, ay nag-utos sa kanila na bumalik sa ilang.

Ang pahayag na ang Israel ay hindi papasok sa Canaan sa loob na apat na pung taon ay isang mapait na pagkabigo para kay Moises at kay Aaron, kay Caleb at kay Josue; subalit walang reklamo nilang [462] tinanggap ang kapasyahan ng Dios. Subalit yaong mga nagreklamo sa pakikitungo ng Dios sa kanila, at nagpahayag na sila'y babalik sa Ehipto, ay lubhang tumangis at nalungkot nang ang pagpapalang kanilang itinakwil ay inalis mula sa kanila. Sila ay nagreklamo sa walang kadahilanan, at ngayon ay binigyan sila ng Dios ng dahilan upang turnangis. Kung sila lamang ay nalungkot dahil sa kanilang kasalanan nang iyon ay tapat na ihayag sa kanila, ang hatol na ito ay hindi na sana binanggit; subalit sila ay nalungkot dahil sa kaparusahan; ang kanilang pagkalungkot ay hindi isang pagsisisi, at hindi maaaring maging dahilan upang ang hatol sa kanila ay mabago.

Ang gabi ay ginugol sa panaghoy, subalit kasama ng umaga ay dumating ang isang pag-asa. Sila ay nagpasyang tubusin ang kanilang kaduwagan. Nang sila ay inutusan ng Dios na humayo upang kunin ang lupain, sila ay tumanggi; at ngayon nang sila ay Kanyang sinabihang umurong sila ay gano'n pa rin na mapanghimagsik. Sila ay nagpasyang kunin ang lupain at ariin; marahil ay tatanggapin ng Dios ang kanilang gawa at babaguhin ang panukala para sa kanila.

Ginawa ng Dios na maging karapatan at tungkulin nila ang pasu- kin ang lupain sa panahon na Kanyang itinakda, subalit sa kanilang ipinasyang kapabayaan ang pahintulot na iyon ay binawi. Nakamtan ni Satanas ang kanyang layunin sa pag-iiwas sa kanila mula sa pagpa- sok sa Canaan; at ngayon ay pinipilit niya silang gawin ang bagay na iyon, sa harap ng pagbabawal ng Panginoon, sa tinanggihan nilang gawin nang ipinag-uutos ng Dios na gawin iyon. Kaya't ang dakilang manlilinlang ay nagkaroon ng malaking pagtatagumpay sa pag-akay sa kanila upang manghimagsik muli. Hindi sila nagtiwala sa kapangyarihan ng Panginoon na gagawang kasama nila sa pagkuha sa lupain ng Canaan; ngunit ngayon ay nagtitiwala sila sa sarili nilang lakas upang gampanan ang gawain iyon na hiwalay sa tulong ng Dios. "Kami ay nagkasala laban sa Panginoon," wika nila, "kami ay sasam- pa at lalaban, ayon sa buong iniutos sa amin ng Panginoon naming Dios." Deuteronomio 1:41. Lubos na silang binulag ng pagsalang- sang. Kailanman ay hindi

nag-utos ang Dios sa kanila upang "humayo at lumaban." Hindi Niya pinanukala na kanilang kunin ang lupain sa pamamagitan ng pakikipagdigma, kundi sa pamamagitan ng mahigpit na pagsunod sa Kanyang mga ipinag-uutos.

Bagaman ang kanilang mga puso ay di nagbago, ang bayan ay naakay upang magpahayag ng kasalanan at kahangalan ng kanilang panghihimagsik dahil sa ulat ng mga tiktik. Kanila ngayong nakita ang kahalagahan ng pagpapala na marahas nilang itinakwil. [463]
Kanilang inamin na ang di nila paniniwala ang dahilan kung bakit hindi sila makakapasok sa Canaan. "Kami ay nagkasala," wika nila, tinatanggap na ang pagkakamali ay nasa kanilang mga sarili, at wala sa Dios na pinaratangan nila ng pagkabigo at hindi pagtupad sa Kanyang mga pangako sa kanila. Bagaman ang kanilang pagpapahayag ay di buhat sa tunay na pagsisisi, iyon ay nagsilbi upang patotohanan ang pagka- makatarungan ng Dios sa pakikutungo sa kanila.

Ang Panginoon ay gumagawa pa rin sa gano'ng paraan upang luwalhatiin ang Kanyang pangalan sa paghahatid sa tao upang kilalanin ang Kanyang katarungan. Kapag yaong mga umiibig sa Kanya ay nagreklamo sa Kanyang pagpatnubay, itinakwil ang Kanyang mga pangako, nagbigay daan sa tukso, at nakiisa sa mga masasamang anghel sa pagsira sa mga panukala ng Dios, malimit ay ginagamit ng Dios ang pangyayaring iyon upang akayin ang mga taong iyon, bagaman hindi sila magkaroon ng tunay na pagsisisi, sila ay makadarama ng kanilang pagkakamali at mapipilitang aminin ang kasamaan ng kanilang landas at ang katarungan at kabutihan ng Dios sa Kanyang pakikitungo sa kanila. Kaya't ang Dios ay gumagawa ng paraan u- pang mahayag ang mga gawa ng kadiliman. At bagaman ang espiri- tung nag-udyok ng masamang gawa ay hindi sapilitang binabago, ang pag-amin ay isinasagawa na nagpapatotoo sa karangalan ng Dios at pawalang sala ang mga tapat Niyang tagasumbat, na kinalaban at inihayag sa maling paraan. Gano'n din naman kapag ang galit ng Dios ay ibuhos sa wakas. Kapag, "dumating ang Panginoon, na kasama ang Kanyang mga laksa-laksang banal, upang isagawa ang pag- huhukom sa lahat," Kanya ring "susumbatan ang lahat ng masama sa lahat ng kanilang mga gawang masasama na kanilang ginawang may kasamaan." Judas 14, 15. Ang bawat makasalanan

ay dadalhin upang makita at makilala ang katarungan ng Kanyang parusa.

Sa kabila ng inihatol ng Dios, ang mga Israelia ay naghanda upang sakupin ang Canaan. Nasasandatahan ng armas at mga kasangka- pang pangdigma, sila ayon sa kanilang tantiya, ay lubos nang handa upang makipaglaban; subalit sila ay lubhang malaki pa ang kakula- ngan sa paningin ng Dios at sa Kanyang malungkot na mga lingkod. Nang, halos apat na pung taon ang makalipas, na pinangunahan ng Panginoon upang sakupin ang Jerico, Siya ay nangakong sasama sa kanila. Ang kaban na naglalaman ng Kanyang
[464] kautusan ay dinala sa harap ng kanilang mga kawal. Ang Kanyang mga pinili na mga pinuno ang mangunguna sa kanilang pagkilos, sa ilalim ng pangangasiwa ng Dios. Taglay ang gano'ng pagpatnubay, walang sakuna ang maaaring sumapit sa kanila. Subalit ngayon, labag sa ipinag- uutos ng Dios at sa solemneng pagbabawal ng kanilang mga pinuno, wala ang kaban, at wala si Moises, sila ay lumabas upang harapin ang mga kawal ng mga kalaban.

Ang pakakak ay naghudyat ng babala, at si Moises ay nagmadaling humabol sa kanila na may babala, "Bakit sinalangsang ninyo ngayon ang utos ng Panginoon, sa bagay na hindi ninyo ikasusulong? Huwag kayong umakyat, sapagkat ang Panginoon ay wala sa gitna ninyo; upang huwag kayong masaktan sa harap ng inyong mga kaaway. Sapagkat nandoon ang mga Amalecita at ang mga Cananeo sa harap ninyo, at kayo'y mangabubuwal sa tabak."

Nabalitaan ng mga Canaanita ang makababalaghang kapangyarihan na tila nag-iingat sa bayang ito at ang mga kahanga-hangang naganap para sa kanila, at sila ay nag-anyaya ng malakas na puwersa upang labanan ang mga mananalakay. Ang lumusob na sandatahan ay walang pinuno. Walang dalanging inialay na sila ay bigyan ng Dios ng tagumpay. Sila ay humayo sa walang pag-asang layunin na baguhin ang kapalaran o mamatay sa labanan. Bagaman walang pagsasanay sa pakikipagdigma, sila'y isang sandatahan ng malaking karamihan, at sila ay umaasa na sa pamamagitan ng isang biglaan at malakas na paglubos na kanilang matatalo ang lahat ng lalaban. Naglakas loob silang hamunin ang kalaban na hindi nangahas lumusob sa kanila.

Ang mga Canaanita ay nakapuwesto sa isang mabatong talampas na mapapanhik lamang sa pamamagitan ng makipot na mga

daang matarik ang pag-akyat. Ang malaking bilang ng mga Hebreo ay magpapalala lamang sa kanilang pagkatalo. Marahan nilang inakyat ang mga daan ng bundok, lantad sa mga nakamamatay na bala ng mga kaaway sa itaas. Malalaking mga bato ang inihuhulog, at du- madanak ang dugo ng mga patay sa kanilang dinaanan. Yaong mga nakarating sa itaas na pagod sa pag-akyat, malupit na linalabanan, at pinauurong na may malaking pagkatalo. Ang lugar ay napuno ng mga bangkay. Ang sandatahan ng Israel ay lubhang natalo. Pagkasira at kamatayan ang bunga ng mapanghimagsik na pangangahas na iyon.

Napilitang sumuko sa wakas, ang mga nakaligtas ay "bumalik, at umiyak sa harap ng Panginoon;" "ngunit hindi dininig ng [465]
Panginoon" ang kanilang tinig. Deuteronomio 1:45. Sa pamamagitan ng kanilang malaking pagtatagumpay ang mga kalaban ng Israel na dati'y nanginginig na naghihintay sa pagdating ng makapangyari- hang hukbong iyon ay nagkaroon ng lakas ng loob upang lumaban sa kanila. Ang lahat ng ulat na kanilang narinig tungkol sa mga kamanghamanghang mga bagay na ginawa ng Dios para sa Kanyang bayan, ay kanila ngayong itinuring na hindi totoo, at kanilang nadama na walang dahilan upang sila'y matakot. Ang unang pagkatalong iyon ng Israel, sa pagbibigay ng lakas ng loob sa mga Canaanita, ay lubhang nagparami sa kahirapan ng pagsakop. Wala nang iba pang mabuti para sa Israel ang hihigit kaysa sila ay umurong mula sa harap ng kanilang mga nagtagumpay na mga kalaban, tungo sa ilang, batid na narito ang magiging libingan ng isang buong kalahian. [466]

# Kabanata 35—Ang Paghihimagsik ni Core

Ang kabanatang ito ay batay sa Mga Bilang 16 at 17.

Ang kahatulan na pinarating sa Israel ay nakatulong upang sa ilang panahon ay mapigilan ang kanilang pagreklamo at hindi pagpapasa- kop, subalit ang espiritu ng paglaban ay nasa puso pa rin at pagdaka'y maghahatid ng pinakamapait na mga bunga noon. Ang dating mga panghihimagsik ay pawang mga pangkaraniwang pagkakagulo, nag- mumula sa biglang bugso ng damdamin ng karamihan; subalit ngayon isang malalim ang ugat sa paglaban ay nabuo, bunga ng isang matibay na layuning ibagsak ang awtoridad ng mga pinunong ang Dios mismo ang pumili.

Si Core, ang nangunguna sa kilusan, ay isang Levita, sa angkan ni Coath, at isang pinsan ni Moises; siya ay isang lalaking may kakaya- nan at impluwensya. Bagaman pinili upang maglingkod sa tabernakulo, siya ay hindi nasiyahan sa kanyang posisyon at nagnasa sa karangalan ng pagkasaserdote. Ang pagbibigay kay Aaron at sa kanyang sambahayan ng tungkulin ng pagkasaserdote na dati'y nakaukol sa bawat panganay na anak na lalaki ng bawat sambahayan, ay nag- hatid ng paninibugho at hindi pagkasiya, at sa ilang panahon si Core ay lihim na lumaban sa awtoridad ni Moises at ni Aaron, bagaman hindi siya nangahas sa anomang hayag na paghihimagsik. Hanggang sa nagkaroon siya ng mapangahas na panukalang ibagsak kapwa ang civil at ang pangrelihiyong awtoridad. Hindi siya nabigo sa paghanap ng makikiramay. Malapit sa mga tolda ni Core at ng mga inanak ni Coath, sa gawing timog ng tabernakulo, ay ang kampamento ng lipi ni Ruben, ang mga tolda nila Dathan at ni Abiram, dalawa sa mga prinsipe ng liping ito, sa pagiging malapit kay Core. Ang mga prin- sipeng ito ay madaling sumang-ayon sa kanyang ambisyosong panukala. Bilang mga inanak mula sa pinakapanganay na anak ni Jacob, kanilang inaangkin na ang kapamahalang civil ay ukol sa kanila, at kanilang ipinasyang ibabahagi kay Core ang pagkasaserdote.

Ang kalagayan ng damdamin ng bayan ay sang-ayon sa mga panukala ni Core. Sa kapaitan ng kanilang pagkabigo, ang kanilang dating mga pag-aalinlangan, paninibugho, at galit ay nanumbalik, at [467] muli silang nagreklamo laban sa kanilang mapagpasensyang pinuno. Ang mga Israelita ay patuloy na nawawalan ng pagkilala sa katotohanan na sila ay nasa ilalim ng pagpatnubay ng Dios. Kanilang kinalimutan na ang Anghel ng tipan ang kanilang hindi nakikitang pinuno, na, natatakluban ng maulap na haligi, ang presensya ni Kristo ay nasa harap nila, at si Moises ay tumatanggap ng lahat ng Kanyang ipinag- uutos.

Hindi sila handa upang sumang-ayon sa kilabot na kahatulan na silang lahat ay mamatay sa ilang, kaya't handa silang tanggapin ang anomang mungkahi na hindi ang Dios kundi si Moises ang nangu- nguna sa kanila at bumigkas ng kanilang kamatayan. Ang pinakama- buting pagsusumikap ng pinakamaamong lalaki sa balat ng lupa ay walang magawa upang pigilin ang hindi pagpapasakop ng bayang ito; at bagaman ang mga bakas ng galit ng Dios sa kanilang kasamaan ay nasa kanila pa ring harapan sa kanilang mga nasirang hanay at nangawalang bilang, hindi nila isinapuso ang aral. Muli silang nadaig ng tukso.

Ang payak na buhay ng isang pastol ay higit na naging mapayapa at masaya kaysa sa kasalukuyan niyang katayuan bilang lider ng isang malaking kapisanan ng mga magugulo. Gano'n pa man si Moises ay di nangahas pumili. Kapalit ng isang baston ng pastol ay binigyan siya ng isang tungkod ng kapangyarihan, na hindi niya maaaring ibaba hanggang hindi siya binibitiwan ng Dios.

Siya na bumabasa ng lihim ng lahat ng puso ay binakas ang mga layunin ni Core at ng kanyang mga kasamahan at nagbigay ng babala at mga tagubilin na makakatulong sa kanila upang makaiwas sa mga panlilinlang ng mga lalaking ito. Nakita nila ang hatol ng Dios ng iginawad kay Miriam dahil sa kanyang paninibugho at pagreklamo laban kay Moises. Inihayag ng Dios na si Moises ay higit pa sa isang propeta. "Sa kanya'y makikipag-usap Ako ng bibig, sa bibig." "Bakit nga," dagdag Niya, "hindi kayo natakot na magsalita laban sa Aking lingkod, laban kay Moises?" Mga Bilang 12:8. Ang mga pa- hayag na ito ay hindi lamang para kay Aaron at kay Miriam, kundi para sa buong Israel.

Si Core at ang kanyang mga kasabwatan ay mga lalaking biniyayaan ng Dios ng natatanging pagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan at kadakilaan. Sila ay kabilang doon sa mga pumanhik na [468] kasama ni Moises sa bundok at nakita ng kaluwalhatian ng Dios. Subalit mula noon ay may isang pagbabagong nangyari. Isang tukso, na sa simula'y maliit lamang, ang kinalinga, at lumakas dahil sa pagpa- pasigla, hanggang sa ang kanilang mga kaisipan ay napailalim sa pangangasiwa ni Satanas, at sila ay humayo sa kanilang gawain tungkol sa kawalan ng kasiyahan. Sa pagpapanggap na may malaking pagmamalasakit sa ikauunlad ng bayan, kanila muling ibinulong sa isa't-isa ang kanilang kawalan ng kasiyahan at sunod ay sa mga na- ngungunang mga lalaki ng Israel. Ang kanilang mga pagpapahiwatig ay kaagad tinanggap kaya't sila ay gumawa ng higit pa doon, at sa wakas ay tunay na silang naniniwala na sila'y kinikilos ng kasigasigan para sa Dios.

Sila ay naging matagumpay sa paghihiwalay ng dalawang daan at limampung mga prinsipe, mga lalaking kilala sa kapisanan. Dahil sa malalakas at may impluwensyang mga alalay na ito sila ay nakadama ng katiyakan na makagagawa sila ng isang malaking pagbabago sa pamahalaan at higit na mapabubuti ang pangangasiwa ni Moises at ni Aaron.

Ang paninibugho ay nagbigay daan sa pagkainggit, at ang pagkainggit sa panghihimagsik. Kanilang tinalakay ang tungkol sa kara- patan ni Moises sa gano'n kadakilang awtoridad at karangalan, hanggang sa itinuring nila siya na mayroong isang nakakainggit na kalagayan na maaaring gampanan ng sinoman sa kanila. At kanilang nilinlang ang kanilang mga sarili at ang isa't-isa sa kanila upang isipin na inangkin ni Moises at ni Aaron ang posisyon na kanilang hawak. Ang mga hindi nasisiyahan ay nagsabi na ang mga pinunong ito ay nagtataas ng kanilang mga sarili sa kapisanan ng Panginoon, sa paghawak sa pagkasaserdote at sa pamahalaan, subalit ang kanilang sambahayan ay di karapat-dapat sa pagiging higit kaysa sa iba sa Israel; sila'y walang higit na kabanalan sa bayan, at sapat lamang para sa kanila ang maging kapantay ng kanilang mga kapatid, na biniya- yaan ding pareho nila ng natatanging presensya at pag-iingat ng Dios.

Ang sunod na gawain ng sabwatan ay sa bayan. Para doon sa mga nasa mali at kinakailangang masumbatan, ay walang higit

na kaaya- aya kaysa sa tumanggap ng pakikiramay at papuri. Sa gano'ng paraan kinuha ni Core at ng kanyang mga kasama ang pansin at suporta ng kapisanan. Ang paratang na ang pagreklamo ng bayan ang naghatid sa kanila ng galit ng Dios ay ipinahayag [469] na hindi totoo. Sinabi nila na ang kapisanan ay walang kasalanan, sapagkat ninais lamang nila ang kanilang mga karapatan; kundi si Moises ay isang malupit na pinuno; na kanyang sinabi na ang bayan ay mga makasalanan, samantalang sila'y isang banal na bayan at ang Panginoon ay sumasakanila.

Binaybay ni Core ang kasaysayan ng kanilang paglalakbay sa ilang, kung saan sila ay dinala sa mga gipit na lugar, at marami ang nangamatay dahil sa kanilang pagreklamo at pagsuway. Inisip ng kanyang mga tagapakinig na malinaw na hindi sana sila nagkaroon ng kanilang mga suliranin kung si Moises ay pumili ng ibang daan. Kanilang ipinasya na ang lahat ng kanilang kaguluhan ay dahil sa kanya, at ang kanilang hindi pagpasok sa Canaan ay bunga ng hindi tamang pangangasiwa ni Moises at ni Aaron; na kung si Core ang kanilang magiging pinuno, at sila'y pasisiglahin sa kanilang mabubuting gawa sa halip na sumbatan sila sa kanilang mga kasalanan, sila ay magkaka- roon ng isang higit na mapayapa, at maunlad na paglalakbay; sa halip na maglagalag ng paroo't-parito sa ilang, sila ay tutuloy sa Lupang Pangako.

Sa gawaing ito ng kawalang kasiyahan ay nagkaroon ng higit na pagkakaisa at kaayusan ang mga magulong elemento ng kapisanan kaysa dati. Ang tagumpay ni Core sa bayan ay nakapagdagdag sa kanyang lakas ng loob at pinagtibay siya sa kanyang paniniwala na ang pang-aangkin ni Moises ng awtoridad, kung hindi masusupil, ay ikamamatay ng mga kalayaan ng Israel; kanya ring sinabi na binuk- san sa kanya ng Dios ang bagay na iyon, at binigyan siya ng pahin- tulot na gumawa ng pagbabago sa pamahalaan bago mahuli ang lahat. Subalit marami ang hindi handang tumanggap sa mga para- tang ni Core kay Moises. Ang alaala ng kanyang pagiging mapag- paumanhin, at mapagsakripisyong paggawa ay bumangon sa harap nila, at ang kanilang konsensya ay nabagabag. Kaya't kinakailangang magmungkahi ng makasariling motibo sa kanyang malalim na pagtingin sa kapakanan ng Israel; at ang dating paratang ay inulit, na kanya silang inilabas upang mangamatay sa ilang, upang kanyang makuha ang kanilang mga pag-aari.

Sa ilang panahon ay isinagawa ng lihim ang gawaing ito. Pagdaka, nang ang sabwatan ay nagkaroon ng sapat na lakas upang magpahin- tulot ng isang hayag na katuparan, si Core ay lumabas na pinakaulo ng pangkat, at hayagang pinaratangan si Moises at si
[470] Aaron ng pag- aangkin ng kapamahalaan na marapat pakibahagihan din ni Core at ng kanyang mga kasama. Ipinaratang, higit pa doon, na ang bayan ay pinagkakaitan ng kanilang kalayaan at pagsasarili. "Kayo'y kumuku- ha ng malabis sa inyo," wika ng sabwatan, "dangang ang buong kapisanan ay banal, bawat isa sa kanila, at ang Panginoon ay nasa gitna nila: bakit nga kayo'y magmamataas sa kapisanan ng Panginoon?"

Hindi ni Moises inakalang mangyayari ang panukalang ito, at nang ang kilabot na kasaysayan nito ay humampas sa kanya, siya ay nag- patirapa sa isang tahimik na pakikipag-usap sa Dios. Bumangon siyang tunay na malungkot, subalit payapa at malakas. Ang patnugot ng Dios ay ipinagkaloob sa kanya. "Sa kinaumagahan," wika niya, "ay ipakikilala ng Panginoon kung sino ang Kanya, at kung sino ang banal, at kung sino ang palalapitin Niya sa Kanya: sa makatuwid baga'y ang piliin ay siyang Kanyang palalapitin sa Kanya." Ang su- bukan ay ipinagpaliban hanggang sa kinabukasan upang ang lahat ay maaaring magkaroon ng panahon upang magmuni-muni. At ang lahat ng nagmimithi sa pagkasaserdote ay magdadala bawat isa ng isang suuban, at maghahandog ng kamangyan sa tabernakulo sa harap ng kapisanan. Maliwanag ang kautusan na iyon lamang itinalaga sa banal na tungkulin ang maaaring maglingkod sa santuwaryo. At maging ang mga saserdote, na sina Nadab at Abihu, ay pinatay dahil sa pangangahas na maghandog ng "ibang apoy," at di pagsunod sa utos ng Dios. Gano'n pa man ay hinamon ni Moises ang mga nagpapara- tang sa kanya, kung sila ay mangangahas na pumasok sa gano'ng mapanganib na pagtawag sa Dios.

Sa pagbubukod kay Core at sa kanyang mga kasamang Levita, wika ni Moises, "Minumunting bagay pa ba ninyo na kayo'y ibinukod ng Dios ng Israel sa kapisanan ng Israel, upang ilapit Niya kayo sa Kanya, upang gawin ninyo ang paglilingkod sa tabernakulo ng Panginoon, at upang kayo'y tumayo sa harap ng kapisanan na mangasiwa sa kanila; at inilapit ka Niya sampu ng iyong mga kapatid na mga anak ni Levi? at hangarin din naman ninyo ang pagkasaserdote?

Kaya't ikaw at ang iyong buong pulutong ay napipisan laban sa Panginoon: at si Aaron, ano nga't siya'y inyong inupasala?"

Si Dathan at si Abiram ay hindi pa lubos na nagpapahayag ng kanilang paninindigan gaya ni Core; at si Moises, na umaasang sila'y nasangkot sa sabwatan na hindi lubos na narurumihan, ay tinawag sila upang humarap sa kanya, upang kanyang marinig ang [471]
mga paratang sa kanya. Subalit ayaw nilang lumapit, at tumanggi silang kilalanin ang kanyang pangangasiwa. Ang kanyang tugon, na binanggit sa pakinig ng kapisanan, ay, "Munting bagay pa ba na kami ay iyong pinasampa sa isang lupain na binubukalan ng gatas at pulot, upang kami ay patayin sa ilang, kundi napapanginoon ka pa man din sa amin? Bukod dito'y hindi mo kami dinala sa isang lupain na binubukalan ng gatas at pulot, ni binigyan mo kami ng manang bukid at mga ubasan: dudukutin mo ba ang mga mata ng mga taong ito? hindi kami sasampa."

Sa gano'ng paraan ay ginamit nila sa lupain ng kanilang pagkaalipin ang mga salitang naglalarawan sa ipinangakong mana. Pinaratangan nila si Moises na nagkukunwaring kumikilos sa ilalim ng pagpatnubay ng Dios, upang itatag ang kanyang pamahalaan; at kanilang ipinahayag na hindi na sila magpapasakop upang mapanguna- han na parang mga bulag, na ngayon ay patungo sa Canaan, at ngayon ay patungo sa ilang, ayon sa ikabubuti ng kanyang ambis- yosong mga panukala. Kaya't siya na naging mapagmahal na ama, isang mapagpaumanhing pastor ay inihayag sa pinakamaitim na pag- katao ng isang pinunong malupit at mang-aangkin ng kapangyarihan. Ang di pagpasok sa Canaan, na parusa sa kanilang mga kasalanan, ay ibinintang sa kanya.

Malinaw na ang pakikiramay ng bayan ay sumasa pulutong na hindi nasisiyahan; subalit si Moises ay hindi nangatuwiran. Matahimik siyang nakipag-usap sa Dios, sa harap ng kapisanan, bilang isang patotoo sa kadalisayan ng kanyang mga layunin at pagiging matuwid ng kanyang mga ginawa, at humiling na Siya ang kanyang maging tagapaghatol.

Nang kinaumagahan, ang dalawang daan at limampung mga prin- sipe na pinangungunahan ni Core, ay lumabas, dala ang kanilang mga suuban. Sila ay dinala sa patio ng tabernakulo, samantalang ang bayan ay natipon sa labas, upang alamin kung ano ang mangyayari. Hindi si Moises ang nagtipon sa kapisanan upang

panoorin ang pagkatalo ni Core at ng kanyang mga kasama, kundi ang mga rebel- de, sa kanilang bulag na paglalakas ng loob, ay tinipon sila upang panoorin ang kanilang pagtatagumpay. Isang malaking bahagi ng kapisanan ay pumanig kay Core, na ang pag-asa ay gano'n na lamang na kanyang mapapatunayan ang kanyang
[472] sinasabi tungkol kay Aaron.

Samantalang sila'y gano'ng natipon sa harap ng Dios, "ang kaluwalhatian ng Panginoon ay lumitaw sa buong kapisanan." Ang babala ng Dios ay pinarating kay Moises at kay Aaron, "humiwalay kayo sa gitna ng kapisanang ito, upang aking lipulin sila sa isang sandali." Subalit sila ay nagpatirapa, na may dalangin, "Oh Dios, na Dios ng mga diwa ng lahat ng laman, sa pagkakasala ba ng isang tao ay magagalit ka sa buong kapisanan?"

Si Core ay humiwalay sa kapisanan upang samahan si Dathan at si Abiram nang si Moises, kasama ng pitumpung matatanda, ay bumaba na may huling babala sa mga lalaking tumanggi na lumapit sa kanya. Ang karamihan ay nagsisunod, at bago pinarating ang kanyang pabalita, si Moises, sa utos ng Dios, ay nagsabi sa bayan, "Mag- silayo kayo, isinasamo ko sa inyo, sa mga tolda ng masasamang taong ito, at huwag kayong humipo ng anomang bagay nila, baka kayo'y mamatay sa lahat nilang kasalanan." Ang babala ay sinunod, sapagkat ang lahat ay nangangambang mahatulan. Ang mga punong rebelde ay iniwan ng kanilang mga nilinlang, subalit ang kanilang katigasan ay di natinag. Sila'y tumindig kasama ng kanilang mga pamilya sa pintuan ng kanilang mga tolda, na tila paglaban sa babala ng Dios.

Sa ngalan ng Dios ng Israel, si Moises ngayon ay nagpahayag sa pakinig ng kapisanan: "Dito ninyo makikilala na ako'y sinugo ng Panginoon na gawin ang lahat ng mga gawang ito; sapagkat hindi kinatha ng aking sariling pag-iisip. Kung ang mga taong ito ay mamatay sa karaniwang kamatayan ng lahat ng tao, o kung sila'y dalawin sa karaniwang pagdalaw sa lahat ng tao; ay hindi nga ako sinugo ng Panginoon. Ngunit kung ang Panginoon ay lumikha ng isang bagong bagay, na anopa't ibuka ng lupa ang kanyang bibig, at sila'y lamunin, sampu ng buong nauukol sa kanila, at sila'y ibabang mga buhay sa Sheol; ay inyo ngang mapagkikilala na minungkahi ng taong ito ang Panginoon."

Ang mata ng buong Israel ay nakatingin kay Moises, sa takot at pakikiramdam, naghihintay kung ano ang mangyayari. Samantalang siya'y tumitigil ng pagsasalita, ang buong lupa ay naghiwalay, at ang mga rebelde ay nahulog na buhay sa hukay, at lahat ng nauukol sa kanila, at "sila'y nalipol mula sa gitna ng kapisanan." Ang bayan ay nagsitakas na sinumbatan ang mga sarili bilang kabahagi sa kasalanan. [473]

Subalit ang mga kahatulan ay hindi natapos doon. May apoy na bumuga mula sa ulap at sinunog ang dalawang daan at limampung mga prinsipe na naghandog ng kamangyan. Ang mga lalaking ito, sapagkat hindi pangunahin sa panghihimagsik, ay hindi kasama ng pinatay kasama ng mga pangunahin sa sabwatan. Sila ay pinahintu- lutang makita ang kanilang kahihinatnan, at magkaroon ng pag- kakataon upang magsisi; subalit ang kanilang pakikiramay ay sumasa panig ng mga rebelde, kaya't nakibahagi sila sa kanyang kawakasan.

Nang si Moises ay nakikiusap sa kapisanan na tumakas mula sa dumarating na kapahamakan, nangyari sanang ang kahatulan ng Dios ay hindi itinuloy, kung si Core at ang kanyang mga kasamahan ay nagsisi at humingi ng patawad. Subalit ang kanilang wala sa wastong pagmamatigas ang nagtakda sa kanilang kapahamakan. Ang buong kapisanan ay nakibahagi sa kanilang kasalanan, sapagkat ang lahat, may maliit mang bahagi o malaki, ay nakiramay sa kanila. Subalit ang Dios sa Kanyang dakilang kaawaan ay naglagay ng pagkakaiba sa mga pinuno ng panghihimagsik at doon sa mga naakay lamang nila. Ang mga taong pinahintulutan na ang kanilang mga sarili ay malin- lang dinagdagan pa ng pagkakataon upang magsisi. Labis-labis ang mga katibayang ibinigay na sila ay mali, at si Moises ang tama. Ang mga kapansin-pansing pagpapahayag ng Dios ng kapangyarihan ay nag-alis sa lahat ng pag-aalinlangan.

Si Jesus, ang Anghel na nangunguna sa mga Hebreo, ay nagsikap na iligtas sila mula sa pagkapahamak. Ang pagpapatawad ay umali- aligid para sa kanila. Ang mga kahatulan ng Dios ay naging lubhang napakalapit, at nakiusap na sila'y magsisi. Isang natatangi, at hindi matanggihang pamamagitan ang sumupil sa kanilang panghihimagsik. Ngayon, kung sila'y tutugon sa pagpapahayag ng kalooban ng Dios sila ay maaaring maligtas. Subalit samantalang sila'y tumatakas mula sa mga kahatulan, dahil sa takot mamatay,

ang kanilang panghihimagsik ay hindi nagamot. Sila ay bumalik sa kanilang mga tolda nang gabing yaon na takot, subalit hindi nagsisisi.

Sila ay nalinlang ni Core at ng kanyang mga kasama na kanilang pinaniwalaan ang kanilang mga sarili na sila'y tunay na isang mabuting bayan, at sila'y ginawan ng masama at inabuso ni Moises. Kung kanilang aaminin na si Core at ang kanyang mga kasamahan ay mali, at si Moises ay tama, kung magkagayon sila'y mapipilitang tanggapin ang pahayag ng Dios na sila'y mangamamatay sa ilang.
[474] Hindi sila handang sumang-ayon dito, at sinikap nilang paniwalaan na sila'y nilinlang ni Moises. Lubos na ikinasiya ang pag-asa sa isang bagong kaayusan ng mga bagay ang magaganap, kung saan ang pagpuri ay ipapalit sa pagsansala, at kaginhawahan sa kahirapan at pakikipagla- ban. Ang mga taong namatay ay nakapagsalita ng mga mabangis na mga salita, at nagpahayag ng malaking pagtingin sa kanilang kapa- kanan at ng pag-ibig sa kanila, at ipinasya ng bayan na si Core at ang kanyang mga kasama ay mabubuting mga tao, at si Moises sa ibang kaparaanan ang sanhi ng kanilang pagkapahamak.

Mahirap na para sa tao ang magbigay ng malaking pang-iinsulto sa Dios ng higit sa pagbabaliwala at pagtanggi sa mga kasangkapang ginagamit Niya para sa kanilang ikaliligtas. Hindi lamang ito ang ginawa ng mga Israelita, kundi pinanukalang si Moises at si Aaron ay patayin. Gano'n pa man hindi nila nadama ang pangangailangan upang humingi ng pagpapatawad ng Dios para sa malaki nilang kasalanan. Ang gabing iyon ng awa ay hindi pinalipas sa pamamagitan ng pagsisisi at pag-amin ng kasalanan, kundi sa paghahanda ng mga panukala upang labanan ang mga katibayang nagpapahayag na sila'y lubhang makasalanan. Kanila pa ring kinikimkim ang galit sa mga lalaking pinili ng Dios. At pinagtibay ang kanilang mga sarili sa paglaban sa kanilang awtoridad. Si Satanas ay nasa kanilang piling upang sirain ang kanilang kaisipan at sila'y akaying nakapiring tungo sa kanilang kapahamakan.

Ang buong Israel ay nagsitakas na may pangamba sa iyak noong mga namatay na makasalanan na nahulog sa hukay, sapagkat kanilang sinabi, "Baka pati tayo'y lamunin ng lupa." "Datapwa't sa kinabu- kasan ay inupasala ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel si Moises at si Aaron, na sinasabi, Inyong pinatay ang bayan

ng Panginoon." At sila'y nakagayak nang gumawa ng dahas laban sa kanilang mga tapat, at mapagsakripisyong mga pinuno.

Isang pagpapahayag ng kaluwalhatian ng Dios ang nakita sa ulap sa itaas ng tabernakulo, at isang tinig ang nagsalita mula sa ulap kay Moises at kay Aaron, "Lumayo kayo sa gitna ng kapisanang ito, upang aking lipulin sila sa isang sandali."

Ang paggawa ng kasalanan ay hindi nananahan kay Moises, kaya't hindi siya natatakot at hindi siya nagmadaling umalis at iwan ang kapisanan upang mamatay. Si Moises ay nanatili, sa nakakatakot na krisis na ito nagpapahayag ng pagtingin ng isang tunay na pastor sa kapakanan ng kanyang mga tupang inaalagaan. Siya ay humiling [475]
na huwag mamatay sa galit ng Dios ang buong bayan na kanyang pinili. Sa kanyang pamamagitan ay napigil ang bisig ng paghihiganti, u- pang hindi lubos na mapuksa ang masuwayin, at mapanghimagsik na Israel.

Subalit ang lingkod ng galit ay nakahayo na; ang salot ay gu- maga- nap na sa kanyang gawain ng pagpatay. Sa utos ng kanyang kapatid, si Aaron ay kumuha ng isang suuban at nagmadaling pumunta sa kalagitnaan ng kapisanan "at itinubos sa bayan." "At siya'y tumayo sa gitna ng mga patay at ng mga buhay." Samantalang ang usok ng kamangyan ay umaakyat, ang mga dalangin ni Moises sa Tabernakulo ay umakyat sa Dios; at ang salot ay nasupil; subalit hindi hanggang sa labing apat na libo ng Israel ang namatay, isang katibayan ng kasalanan ng pagreklamo at panghihimagsik.

Subalit ibayo pang katibayan ang ibinigay upang ang pagkasaserdote ay matatag sa sambahayan ni Aaron. Sa utos ng Dios ang bawat lipi ay naghanda ng isang tungkod at isinulat doon ang pangalan ng lipi. Ang pangalan ni Aaron ay nakasulat para doon sa lipi ni Levi. Ang mga tungkod ay inilagay sa tabernakulo, "sa harap ng patotoo." Ang pamumulaklak ng kanino mang tungkod ay isang tanda na pinili ng Panginoon ang liping iyon para sa pagkasaserdote. Nang kinabu- kasan, "Narito, na ang tungkod ni Aaron sa sambahayan ni Levi ay namulaklak at nagkaroon ng mga hinog na almendras." Iyon ay ipinakita sa bayan, at pagkatapos ay inilagay sa tabernakulo bilang isang patotoo sa mga sumusunod na lahi. Ang kababalaghang ito ang mahusay na lumutas sa suliranin tungkol sa pagkasaserdote.

Ngayon ay ganap nang matatag na si Moises at si Aaron ay nagsalita sa pamamagitan ng awtoridad ng Dios, at ang bayan ay

napili- tang mapaniwala sa di nila matanggap na katotohanan na sila'y ma- ngamamatay sa ilang. "Narito," ang kanilang pahayag, "kami ay mga patay, kami ay napahamak, kaming lahat ay napahamak." Kanilang inamin na sila'y nagkasala sa paglaban sa kanilang mga pinuno, at si Core at ang kanyang mga kasama ay nagdusa ng matuwid na kahatulan ng Dios.

Sa panghihimagsik ni Core ay makikita ang pagkilos, sa isang maliit na pagtatanghal, ng espiritu na umakay sa panghihimagsik ni Satanas sa langit. Ang pagmamataas at ambisyon ang kumilos kay Lucifer upang magreklamo sa pamamahala ng Dios, at sikaping
[476] ibag- sak ang kaayusang itinatag sa langit. Mula nang siya'y mahulog naging layunin niya ang umudyok ng gano'n ding espiritu ng paninibugho at kawalan ng kasiyahan, gano'n ding ambisyon para sa posisyon at karangalan, sa isip ng tao. Kaya't gano'n ang ginawa niya sa kaisipan ni Core, ni Dathan, at ni Abiram, upang pukawin ang pagnanasa sa pagtataas sa sarili, at pukawin ang paninibugho, kawalan ng pagtitiwala, at panghihimagsik. Ginawa ni Satanas na kanilang tanggihan ang Dios bilang kanilang pinuno, sa pamamagitan ng pagtanggi sa mga lalaking pinili ng Dios. Gano'n pa man sa kanilang pagreklamo laban kay Moises at kay Aaron ay kanilang nilalapasta- ngan ang Dios, sila'y lubhang nagkaroon ng pagkabulag sa pag-iisip na sila'y matuwid, at ituring yaong mga tapat na sumasansala sa kanilang mga kasalanan na kinikilos ni Satanas.

Hindi ba't ang gano'n ding kasamaan na naging pundasyon ng pagkapahamak ni Core ay nananatili pa rin. Ang pagmamataas at ambisyon ay laganap; at kapag ang mga ito ay tinangkilik, kanilang binubuksan ang daan tungo sa paninibugho, at sa pagsisikap na maitaas ang sarili; ang kaluluwa ay nawawalay sa Dios, at di namamalayang napapasapanig ni Satanas. Tulad ni Core at ng kanyang mga kasama, marami, maging sa mga nag-aangking tagasunod ni Kristo, ang nag- iisip, nagpapanukala, at gumagawa ng ganoon na lamang upang maitaas ang sarili at upang magkaroon ng pakikiramay at tulong ng mga tao sila ay handang sirain ang katotohanan, ginagawan ng kasinu- ngalingan at maling pagpapahayag ang mga lingkod ng Dios, at hanggang sa pinaparatangan sila ng mababa at makasariling layuning kumikilos sa sarili nilang mga puso. Sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagpapahayag ng kasinungaligan, bagaman di sang-ayon sa lahat ng katibayan, sila'y dumarating sa

paniniwala na iyon ang katotohanan. Samantalang sinisira ang pagtitiwala ng mga tao sa mga lalaking pinili ng Dios, sila'y tunay na naniniwala na sila ay gumagawa ng isang mabuting gawain, at tunay na gumagawa ng gawain ng Dios.

Ang mga Hebreo ay hindi handa upang mapailalim sa mga ipinag- uutos at ipinagbabawal ng Panginoon. Sila ay hindi mapalagay sa pamimigil, at ayaw tumanggap ng pagsaway. Ito ang lihim ng kanilang pagreklamo laban kay Moises. Kung sila lamang ay iniwang malaya upang gawin ano man ang kanilang naisin, ay hindi nagkaroon ng maraming reklamo laban sa kanilang pinuno. Sa buong kasaysayan ng iglesia ang mga lingkod ng Dios ay may [477]
nakatagpong gano'n ang espiritu.

Sa pamamagitan ng makasalanang pagpapalaya si Satanas ay nag- kakaroon ng lugar sa kanilang kaisipan, at sila ay nagtutungo mula sa isang antas ng kasamaan tungo sa isa. Ang pagtanggi sa liwanag ay nagpapadilim ng kaisipan at nagpapatigas ng puso, kaya't nagiging mas madali para sa kanila ang magtungo sa sunod na hakbang ng pagkakasala at tumanggi sa higit pang kaliwanagan, hanggang sa wakas ang kanilang kaugalian ng paggawa ng hindi tama ay naging matibay na. Ang kasalanan ay hindi na nagiging mukhang kasalanan para sa kanila. Siya na tapat na nagpapahayag ng salita ng Dios, na sa gano'ng paraan ay sinusumbatan ang kanilang kasalanan, ay malimit kinatutuunan ng kanilang galit. Hindi handa upang pagtiisan ang sakit at pagsasakripisyo ng kinakailangang pagbabago, sila'y pumipi- hit sa lingkod ng Panginoon at tinutuligsa ang kanilang mga pag- sansala. Tulad ni Core, kanilang sinasabi na ang mga tao ay walang kasalanan; yaong nagsasansala ang sanhi ng lahat ng kaguluhan. At pinahuhupa ang kanilang mga konsensya sa pamamagitan ng kasi- nungalingang ito, ang naninibugho at walang pagkasiya ay nagsasa- ma upang maghasik ng hindi pagkakaisa sa iglesia at pinapanghihina ang mga kamay noong mga gumagawa upang itayo iyon.

Lahat ng pagsulong noong mga tinawagan ng Dios upang manguna sa Kanyang gawain ay pumupukaw ng paghihinala; bawat kilos ay pinagangahulugan ng masama sa pamamagitan ng paninibugho at pagiging mapaghanap ng kamalian. Gano'n din naman noong panahon ni Lutero, ng mga Wesley at ng iba pang mga repormador. At gano'n din ngayon.

Hindi sana ni Core tinahak ang landas na kanyang tinahak kung nalaman lamang niya sana ang lahat ng mga tagubilin at pagsaway na pinarating sa Israel ay mula sa Dios. Subalit nalaman sana niya ito. Ang Dios ay nagbigay ng labis na katibayan na Siya ang nangunguna sa Israel. Subalit si Core at ang kanyang mga kasama ay tumanggi sa liwanag hanggang sa sila ay naging bulag na upang maging ang pinakakapansin-pansin na pagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan ay hindi sapat upang sila ay makumbinse; kanila iyong itinuring na lahat ay dala lamang ng kakayanan ng tao o ng tulong ni Satanas. Gano'n din ang ginawa ng bayan, na makalipas ang araw ng pagkamatay ni Core at ng kanyang mga kasama ay lumapit
[478] kay Moises at kay Aaron, na nagsasabi, "Inyong pinatay ang bayan ng Panginoon." Sa kabila ng pinakamatibay na katibayan ng galit ng Dios sa kanilang ginawa, sa pagpatay sa mga lalaki na nanlinlang sa kanila, pinangahasan nilang ituring ang Kanyang mga kahatulan na gawa ni Satanas, sinasabi na sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Satanas, ay pinapangyari ni Moises at ni Aaron na mamatay ang mabubuti at banal na mga lalaki. Ang ginawa nilang ito ang nagtatak sa kanilang kapahamakan. Sila ay nakagawa ng kasalanan laban sa Banal na Espiritu, isang kasalanan na bunga noon ang puso ng tao ay tumitigas laban sa mga impluwensya ng biyaya ng Dios. "Ang sinomang magsalita ng isang salitang laban sa Anak ng tao," wika ni Kristo, "ay ipatatawad sa kanya; datapwat ang sinomang magsalita laban sa Espiritu Santo, ay hindi ipatatawad sa kanya" Mateo 12:32. Ang mga salitang ito ay binigkas ng Tagapagligtas nang ang mga mabiyaya Niyang mga ginawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios ay sinabi ng Hudyo na gawa ni Beelzebub. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu nakikipag-usap ang Dios sa tao; at yaong mga tumatanggi sa paglilingkod na ito at sinasabing ito ay kay Satanas, ay wala nang ahensya ng pagkakaroon ng kaugnayan ang kaluluwa sa langit.

Ang Dios ay gumagawa sa pamamagitan ng mga pagpapahayag ng Kanyang Espiritu upang sumbatan at hatulan ang makasalanan; at kung ang gawain ng Banal na Espiritu ay tanggihan sa wakas, ay wala nang magagawa ang Dios para sa kaluluwa. Ang huling tulong ng kahabagan ng Dios ay nagamit na. Ang makasalanan ay wala nang anu pa mang kaugnayan sa Dios, at ang kasalanan ay wala nang lunas upang mapagaling pa. Wala nang iba pang nakatabing kapang-

yarihan upang sumbatan at hikayatin ang makasalanan. "Pabayaan siya" (Oseas 4:17) ang ipinag-uutos ng Dios. At "wala nang haing natitira pa tungkol sa mga kasalanan, kundi isang kakila-kilabot na paghihin- tay sa paghuhukom, at isang kabangisan ng apoy na lalamon sa mga kaaway." Hebreo 10:26, 27. [479]

# Kabanata 36—Sa Ilang

Sa halos apatnapung taon ang mga Israelita ay napatago sa ilang. "At ang mga araw," wika ni Moises, "na ating ipinaglakad mula sa Cades-barnes hanggang sa tayo'y makarating sa batis ng Zered, ay tatlumpu't walong taon; hanggang sa mga buong lahi ng mga lalaking mandidigma ay nalipol sa gitna ng kampamento, gaya ng isi- numpa sa kanila ng Panginoon. Bukod dito'y ang kamay ng Panginoon ay naging laban sa kanila, upang lipulin sila sa gitna ng kampamento, hanggang sa sila'y nalipol." Deuteronomio 2:14, 15.

Sa loob ng mga taong yaon ang mga tao ay patuloy na pinaalalahanang sila ay nasa ilalim ng galit ng Dios. Sa panghihimagsik sa Cades ay kanilang inayawan ang Dios, at ang Dios, sa panahong iyon, ay inayawan sila. Sapagkat sila ay naging hindi tapat sa Kanyang tipan, hindi sila maaaring tumanggap ng tanda ng tipan, ang tanda ng pagtutuli. Ang kanilang pagnanasang bumalik sa lupain ng pagkaalipin ay nagpakitang sila ay hindi karapat-dapat magkaroon ng kalayaan, at ang seremonya ng Paskua, na itinatag upang alala- hanin ang pagkaligtas mula sa pagkaalipin, ay hindi kinakailangang isagawa.

Gano'n pa man ang pagpapatuloy ng serbisyo sa tabernakulo ay nagpapatotoo na sila ay hindi pa lubos na itinatakwil ng Dios ang Kanyang bayan. Ang Kanyang mga kaloob ay patuloy pa ring tumu- tugon sa kanilang mga pangangailangan. "Pinagpala ka ng Panginoon mong Dios, sa lahat ng gawa ng iyong kamay," wika ni Moises, nang banggitin ang kasaysayan ng kanilang paglalagalag. "Kanyang natalastas ang iyong paglalakbay dito sa malawak na ilang; sa loob nitong apatnapung taon ay sumaiyo ang Panginoon mong Dios; ikaw ay di kinulang ng anoman." At ang awit ng lipi ni Levi, na itinala ni Nehemias, ay malinaw na naglalarawan sa pangangalaga ng Dios sa Israel, maging sa mga taon na ito ng di pagtanggap at pagkalipol: "Gayon ma'y Ikaw sa iyong masaganang mga kaawaan ay hindi Mo pinabayaan sila sa ilang: ang tila haliging
[480] ulap ay hindi humihiwalay sa kanila sa araw, upang patnubayan sila

sa daan; ni ang tila haliging apoy man sa gabi, upang pagpakitaan sila ng liwanag at ng daan na kanilang lalakaran. Iyo rin namang ibinigay ang Iyong mabuting Espiritu upang turuan sila, at hindi Mo inaalis ang Iyong mana sa kanilang bibig, at binigyan Mo sila ng tubig sa kanilang pagkauhaw. Oo apatnapung taon na Iyong kinandili sila sa ilang;...ang kanilang mga suot ay hindi naluma, at ang kanilang mga paa ay hindi namaga." Nehemias 9:19-21.

Ang paglalagalag sa ilang ay hindi lamang itinalaga bilang isang hatol sa mga nanghimagsik at mga mapagreklamo, kundi upang iyon ay magsilbing isang disiplina para sa bumabangong henerasyon, bilang paghahanda sa kanilang pagpasok sa Lupang Pangako. Pahayag ni Moises sa kanila, "Kung paanong pinarurusahan ng tao ang Kanyang anak, ay gayon pinarurusahan ka ng Panginoon mong Dios." "Upang Kanyang mapangumbaba ka, at subukin ka, na maalaman kung ano ang nasa iyong puso, kung iyong gaganapin ang Kanyang mga utos o hindi. At...pinapagdamdam ka Niya ng gutom, at pinakain ka Niya ng mana, na hindi mo nakilala, ni nakilala ng iyong mga magulang; upang Kanyang maipakilala sa iyo na hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat bagay na nagmumula sa bibig ng Panginoon." Deuteronomio 8:5, 2, 3.

"Kanyang nasumpungan sa isang ilang sa lupain, at sa kapanglawan ng isang umuungal na ilang; Kanyang kinanlungan sa palibot, Kanyang nilingap, Kanyang iningatang parang salamin ng Kanyang mata." "Sa lahat nilang kadalamhatian ay nagdalamhati Siya, at iniligtas sila ng Anghel na nasa Kanyang harapan: sa Kanyang pag-ibig at sa Kanyang pagkaawa ay tinubos Niya sila; at Kanyang kinilik sila at kinalong silang lahat noong araw." Deuteronomio 32:10; Isaias 63:9.

Gayon pa man ang tanging mga tala ng kanilang buhay sa ilang ay mga pangyayari ng panghihimagsik laban sa Panginoon. Ang panghihimagsik ni Core ay humantong sa pagkamatay ng labing-apat na libo sa Israel. At mayroong magkakahiwalay na pangyayari na nag- hayag ng gano'n ding espiritu ng paghamak sa kapangyarihan ng Dios.

Sa isang pangyayari isang anak ng babaeng Israelita at ng isang Ehipcio, isa sa mga sama-samang karamihan na sumama sa Israel mula sa Ehipto, ang umalis sa kanyang lugar sa kampo, at pumasok [481]
sa lugar ng mga Israelita, at nag-angkin ng karapatan na magtayo ng

kanyang tolda doon. Iyon ay ipinagbabawal sa kanya ng kautusan ng Dios, dahil ang anak ng mga Ehipcio ay di kabilang sa kapulungan hanggang sa ikatlong salin ng lahi. Nagkaroon ng pagtatalo sa pagitan niya at ng isang Israelita, at ng ang bagay na iyon ay iharap sa mga hukom ay pinagpasyahan ng laban sa may sala.

Sa galit sa kapasyahang ito ay kanyang sinumpa ang hukom, at sa tindi ng galit ay nilapastangan ang pangalan ng Dios. Kaagad siyang dinala sa harap ni Moises. May utos na ibinigay na, "Ang lumapit sa kanyang ama, o sa kanyang ina, ay papataying walang pagsala" (Exodo 21:17); subalit walang pahayag kung paano haharapin ang kasong ito. Gano'n na lamang katindi ang krimen ano pa't nadama ang pangangailangan para sa espesyal na pahayag mula sa Dios. Ang lalaki ay ikinulong hanggang sa ang kalooban ng Dios ay natiyak. Ang Dios ang nagsabi kung ano ang parusa; ipinag-utos ng Dios na ang nagkasala ay ilabas mula sa kampamento, at batuhin hanggang mamatay. Yaong mga naging saksi sa pagkakasala ay nagpatong ng kanilang mga kamay sa kanyang ulo, kaya't sa ganoong paraan ay solemneng nagpatotoo sa katotohanan ng paratang sa kanya. At sila ang bumato ng unang mga bato, at pagdaka ang mga taong nakatayo sa malapit ay nakiisa rin sa pagsasakatuparan ng hatol.

Ito ay sinundan ng pagpapahayag ng batas sa pagharap sa gano'n ding mga pagkakasala: "At sasalitain mo sa mga anak ni Israel, na iyong sasabihin, Sinomang mapanungayaw sa kanyang Dios ay magpapasan ng kanyang sala. At ang lumapastangan sa pangalan ng Panginoon ay papataying walang pagsala; walang pagsalang pagbabatuhin siya ng buong kapisanan: maging taga ibang lupa o maging tubo sa lupain, ay papatayin pagka lumapastangan sa Pangalan ng Panginoon." Levitico 24:15, 16.

Mayroong magtatanong tungkol sa pag-ibig ng Dios at sa Kanyang pagkamakatarungan sa pagbibigay ng gano'n kalupit na parusa para sa mga salitang nabigkas dala ng pagkagalit. Subalit kapwa ang pag-ibig at ang kahatulan ay naghahayag na ang mga salitang laban sa Dios ay malaking kasalanan. Ang parusang ipinataw sa unang nagkasala ay magsisilbing babala para sa iba, upang ang pangalan ng Dios ay taglayin na may paggalang. Subalit kung ang kasalanan ng lalaking ito ay pinahintulutang lumipas na hindi napaparusahan, ang iba ay maaapektuhan; at bunga noon, maraming
[482] buhay ang pagdakay kakailanganing maisakripisyo.

Ang sama-samang karamihan na sumama sa Israel mula sa Ehipto ay pinagmumulan ng nagpapatuloy na tukso at kaguluhan. Nag- aangkin silang iniwan na nila ang pagsamba sa diyus-diyusan, upang sumamba sa tunay na Dios; subalit ang kanilang naunang edukasyon at pagsasanay ay nakaukit sa kanilang likas at pagkatao, at sila ay humigit kumulang na may karamihan ng pagsamba sa diyus-diyusan at may kawalan ng paggalang sa Dios. Sila ang pinakamalimit na nagsisimula ng gulo, at mga una sa pagreklamo, at kanilang hinaha- wahan ang kampo ng kanilang libadura ng pagsamba sa mga diyus- diyusan at mga pagreklamo laban sa Dios.

Kaagad nang sila'y bumalik sa ilang, ay nagkaroon ng isang pangyayari tungkol sa paglabag sa Sabbath, sa ilalim ng kalagayang nagpa- tindi sa kasalanang iyon. Ang pahayag ng Panginoon na kanyang itatakwil ang Israel, ay nagbangon ng isang espiritu ng panghihimagsik. Isa sa mga tao, na galit dahil sa hindi pagpasok sa Canaan, ay nagkaroon ng layunin na ipakita ang kanyang paglabag sa kautusan ng Dios, ay nangahas na hayagang labagin ang ikaapat na utos, sa pamamagitan ng paglabas upang mamulot ng kahoy sa araw ng Sabbath. Sa panahon ng paninirahan sa ilang ang pagsisindi ng apoy sa ikapitong araw ay mahigpit na ipinagbabawal. Ang pagbabawal na iyon ay hindi umabot sa Canaan, kung saan ang katindihan ng klima ay malimit nagiging sanhi upang mangailangan ng apoy; subalit sa ilang, ang apoy ay hindi kailangan ng pangpainit. Ang ginawa ng lalaking ito ay isang pinanukala at hayag na paglabag sa ikaapat na utos—isang kasalanan, hindi dahil sa hindi sinasadya o dahil sa hindi pagkaalam, kundi isang kapangahasan.

Siya ay kinuha sa akto, at dinala sa harap ni Moises. Naipahayag na ang paglabag sa Sabbath ay parurusahan ng kamatayan, subalit hindi pa nahahayag kung paanong ang parusa ay ipapataw. Ang kaso ay dinala ni Moises sa harap ng Panginoon, at ang pahayag ay du- mating. "Ang lalaki ay walang pagsalang papatayin: babatuhin siya ng buong kapisanan sa labas ng kampamento." Mga Bilang 15:35. Ang mga kasalanang kapusungan at sinasadyang paglabag sa ikaapat na utos ay tumanggap ng parehong kaparasahan, dahil parehong nagpapahayag ng hindi pagkalugod sa kapangyarihan ng Dios.

Sa ating kapanahunan marami ang tumatanggi sa Sabbath ng pagla- lang bilang isang institusyon ng mga Hudyo, at ipinagpip-

[483] ilitan na kung iyon ay kinakailangang tuparin, ang kaparusahang kamatayan ay kinakailangang ipataw sa paglabag doon; subalit nakikita natin na ang kapusungan ay tumanggap din ng gano'ng kaparusahan gaya ng sa paglabag sa Sabbath. Kailangan bang isipin din natin dahil doon na ang ikatlong utos ay nararapat lamang sa mga Hudyo? Gano'n pa man ang kaisipang kinuha mula sa pagpaparusa ng kamatayan ay inilalapat din sa ikatlo, sa ikalima, at maging sa halos lahat ng sampung utos, tulad rin ng sa ika-apat. Bagaman hindi pa ngayon pina- parusahan ng Dios ang mga sumasalangsang sa Kanyang kautusan ng parusang pangkasalukuyan, ganoon pa man ang Kanyang salita ay nagpapahayag na ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; at sa huling pagpapataw ng kahatulan ay masusumpungan na ang kamatayan ang bahagi noong mga lumalabag sa Kanyang banal na mga utos.

Sa loob ng buong apatnapung taon sa ilang, ang mga tao linggo-linggo ay pinaaalalahanan ng tungkol sa banal na tungkulin sa Sabbath, sa pamamagitan ng himala ng mana. Gano'n pa man maging iyon ay hindi nakaakay sa kanila tungo sa pagiging masunurin. Bagaman hindi sila nangahas ng ganoong bukas at hayag na pagsalangsang gaya ng tumanggap ng kapansin-pansing kaparusahan, gano'n pa man ay nagkaroon ng panlamig sa pagsunod sa ikaapat na utos. Ipinahayag ng Dios sa pamamagitan ng Kanyang propeta, "Ang Aking mga Sabbath ay kanilang nilapastangang mainam." Ezekiel 20:13-24. At ito ay kabilang sa mga dahilan kung bakit ang naunang lahi ay hindi nakapasok sa Lupang Pangako. Gano'n pa man ay hindi natutunan ng kanilang mga anak ang liksyon. Gano'n na lamang ang kanilang pagkalimot sa Sabbath sa loob ng apatnapung taon ng pagla- lagalag, na bagaman hindi hinadlangan ng Dios ang kanilang pagpa- sok sa Canaan, Kanyang ipinahayag na sila ay mangangalat sa mga hindi kumikilala sa Dios kapag kanilang napasok ang Lupang Pangako.

Mula sa Cades ang mga anak ni Israel ay bumalik sa ilang; at nang ang panahon ng kanilang pansamantalang paninirahan ay natapos, sila ay dumating, "ang buong kapisanan ay nagsipasok sa ilang ng Zin nang unang buwan: at ang bayan ay tumahan sa Cades." Mga Bilang 20:1.

Dito namatay si Miriam at inilibing. Mula sa tagpong iyon ng
[484] pagsasaya sa mga pampang ng Dagat na Pula, nang ang Israel ay

lumabas na may pag-awit at pagsasayaw upang ipagdiwang ang pag- tatagumpay ni Jehova, hanggang sa libingan sa ilang na naging wakas ng isang habang-buhay na paglalagalag—gano'n ang kinahantungan ng milyun-milyong may mataas na pag-asa na lumabas mula sa Ehipto. Inagaw ng kasalanan mula sa kanilang mga labi ang saro ng pagpapa- la. Matututunan ba ng sunod na henerasyon ang liksyon?

"Sa lahat ng ito ay nangagkasala pa sila, at hindi naniwala sa Kanyang kagila-gilalas na gawa.... Nang Kanyang patayin sila, sila'y nangag-usisa sa Kanya: at sila'y nangagsibalik, at nagsihanap ng tapat sa Dios. At kanilang naalaala na ang Dios ay kanilang malaking Bato, at ang kataas-taasang Dios ay kanilang Manunubos." Mga Awit 78:32- 35. Gano'n pa man sila ay hindi nanumbalik na may tapat na layunin sa Dios. Bagaman kapag sila ay sinasaktan ng kanilang mga kaaway sila ay humihingi ng tulong mula sa Kanya na Siya lamang ang nakapagliligtas, gano'n pa man "ang kanilang puso ay hindi matuwid sa Kanya, ni tapat man sila sa Kanyang tipan. Ngunit Siya, palibhasa'y puspos ng kaawaan, ay pinatawad ang kanilang kasamaan at hindi sila nilipol: Oo, madalas na inihiwalay ang Kanyang galit...at naalaala Niyang sila'y laman lamang; hanging dumadaan, at hindi bumaba- lik." Mga Awit 78:37 [485]

## Kabanata 37—Ang Hinampas na Bato

Ang kabanatang ito ay batay sa Mga Bilang 20:1-13.

Mula sa hinampas na bato sa Horeb ay unang dumaloy ang buhay na sapa na iniinuman ng Israel sa ilang. Sa buong panahon ng kanilang paglalagalag, saan man magkaroon ng pangangailangan, sila ay binibigyan ng tubig sa pamamagitan ng isang himala ng kaawaan ng Dios. Ang tubig ay hindi, gano'n pa man nagpatuloy na dumaloy mula sa Horeb. Saan man sa kanilang paglalakbay mangailangan sila ng tubig, doon mula sa mga gitgit ng malaking bato iyon ay lumala- bas sa tabi ng kanilang kampamento.

Si Kristo ang, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang salita, ay nagpapadaloy ng nakapagpapapreskong batis para sa Israel. "At lahat ay nagsiinom ng isang inumin ding ayon sa espiritu; sapagkat nagsiinom sa batong ayon sa espiritu na sumundo sa kanila: at ang batong yaon ay si Kristo." 1 Corinto 10:4. Siya ang pinagmumulan ng lahat ng makalupa gano'n din ng espirituwal na mga pagpapala. Si Kristo, ang tunay na bato, ay kasama nila sa lahat ng kanilang paglalagalag. "At sila'y hindi nangauhaw nang pinapatnubayan Niya sila sa mga ilang; Kanyang pinaagos ang tubig mula sa bato para sa kanila; Kanyang ginuwangan din naman ang bato, at ang tubig ay bumukal." "Nagsiagos sa tuyong mga dako na parang ilog." Isaias 48:21; Mga Awit 105:41.

Ang hinampas na bato ay isang anyo ni Kristo, at sa pamamagitan ng simbolong ito ang pinakamahalagang mga espirituwal na katoto- hanan ay itinuro. Kung paanong ang mga tubig na nagbibigay ng buhay at dumaloy mula sa hinampas na bato gano'n din naman mula kay Kristo, na "sinaktan ng Dios," "nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang," "nabugbog dahil sa ating mga kasamaan" (Isaias 53:4, 5), ang batis ng kaligtasan ay umagos para sa isang waglit na lahi. Kung paanong ang bato ay pinalong minsan, gano'n din naman si Kristo ay "inihandog na minsan upang dalhin ang mga kasalanan ng marami." Hebreo 9:28. Ang ating Tagapagligtas

ay hindi kinakailangang isakripisyong makalawa; at ang kailangan lamang noong mga humahanap ng mga pagpapala ng Kanyang [486]
biyaya na humiling sa ngalan ni Jesus, ibinubuhos ang buong pagnanasa ng puso sa ilang dalangin ng pagsisisi. Ang mga sugat ni Jesus ay ihahatid ng gano'ng dalangin sa harapan ng Panginoon ng mga hukbo at mula doon ay sariwang dadaloy na muli ang dugo na nagbibigay ng buhay, na inilarawan ng pagdaloy ng tubig ng buhay para sa Israel.

Ang pagdaloy ng tubig mula sa bato sa ilang ay ipinagdiwang ng mga Israelita, ng sila ay matatag na sa Canaan, na may mga pagpapahayag ng kagalakan. Noong panahon ni Kristo, ang selebrasyong ito ay naging pinakasisindak na seremonya. Iyon ay ginaganap sa okasyon ng kapistahan ng mga Tabernakulo, kung kailan ang bayan mula sa buong lupain ay natitipon sa Jerusalem. Sa bawat araw ng pitong araw ng kapistahan ang mga saserdote ay nagsisilabas kasama ang musiko at ang mga mang-aawit na Levita upang kumuha ng tubig sa isang gintong sisidlan mula sa bukal ng Siloe. Sila ay sinusundan ng mga karamihan ng mga sumasamba, hanggang kung gaano karami ang makakalapit sa batis upang uminom doon, samantalang ang ma- sayang himig ay pumapailanlang, "Kayo'y iigib ng tubig na may kagalakan sa mga balon ng kaligtasan." Isaias 12:3. At ang tubig na inigib ng mga saserdote ay dinadala sa templo sa kalagitnaan ng tumutugtog na mga pakakak at ng solemneng pag-awit, "Ang aming mga paa ay titindig sa loob ng iyong mga pintuang-daan, O Jerusalem." Ang tubig ay ibinubuhos sa dambana ng handog na susunugin, samantalang ang mga awit ng pagpupuri ay umaalingawngaw, ang mga karamihan ay sumanib sa koro ng pagtatagumpay na may mga musiko at mga trumpetang mabababa ang tono.

Ginamit ng Tagapagligtas ang simbolo ng serbisyong ito upang ituon ang isipan ng mga tao sa mga pagpapala na Kanyang inihahatid sa kanila. "Nang huling araw nga, ng dakilang araw ng kapistahan," ang Kanyang tinig ay narinig sa mga tonong narinig sa buong korte ng templo, "Kung ang sinomang tao'y nauuhaw, ay pumarito siya sa Akin, at uminom. Ang sumasampalataya sa Akin, gaya ng sinasabi ng kasulatan, ay mula sa loob niya ay aagos ang mga ilog ng tubig ng buhay." "Ngunit ito'y," wika ni Juan, "sinalita Niya tungkol sa Espiritu, na tatanggapin ng mga magsisisampalataya sa Kanya."

Juan 7:37-39. Ang nakapagpapapreskong tubig, na bumubukal sa isang tuyo at tigang na lupa, at nagpapabulaklak sa ilang, at duma-
[487] daloy upang magbigay ng buhay sa naghihingalo, ay isang larawan ng biyaya ng Dios na si Kristo lamang ang makapagkakaloob, at Siyang tubig ng buhay, naglilinis, nagpapapresko, ay nagpapasigla sa kaluluwa. Siya na tinatahanan ni Kristo sa puso niya ay mayroong hindi napuputol na bukal ng biyaya at lakas. Pinasasaya ni Jesus ang buhay at naliliwanagan ang landas ng tunay na humahanap sa Kanya. Ang Kanyang pag-ibig, na tinanggap sa puso, ay sisibol sa pamamagitan ng mabubuting gawa ukol sa buhay na walang hanggan. At hindi lamang nito pinagpapala ang kaluluwa na tinubuan nito, kundi ang batis ng buhay ay dadaloy sa pamamagitan ng mga salita at mga gawa ng katuwiran, upang pasiglahin ang mga nauuhaw sa paligid niya.

Gano'n din ang larawang ginamit ni Jesus sa Kanyang pakikipag- usap sa babaeng Samaritana sa balon ni Jacob: "Ang sinomang uminom ng tubig na sa kanya'y Aking ibibigay ay hindi mauuhaw mag- pakailan man; ngunit ang tubig na sa kanya'y Aking ibibigay ay magiging isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan." Juan 4:14. Pinagsama ni Kristo ang dalawang paglalarawan. Siya ang bato, Siya ang tubig ng buhay.

Ang gano'n ding magaganda at nakapagpapahayag ng mga paglalarawan ay ginagamit sa buong Biblia. Daang mga taon bago duma- ting si Kristo, siya ay tinukoy ni Moises bilang bato ng kaligtasan ng Israel (Deuteronomio 32:15); ang mang-aawit ay umawit tungkol sa Kanya bilang "aking Manunubos," "ang malaking bato ng aking kalakasan," "malaking bato na lalong mataas kaysa akin," "malaking bato at aking kuta," "kalakasan ng aking puso," "malaking bato na aking kanlungan." Sa awit ni David ang Kanyang biyaya ay inila- larawan din bilang malamig, na "tubig na pahingahan," sa gitna ng mga sariwang pastulan, na sa siping noon ay pinapastulan ng maka- langit na pastor ang Kanyang kawan. Minsan pa, "At Iyong," wika niya, "paiinumin sila sa ilog ng Iyong kaluguran. Sapagkat nasa iyo ang bukal ng buhay." Mga Awit 19:14; 62:7; 61:2; 71:3; 73:26; 94:22; 23:2; 36:8, 9. At ang pahayag ng pantas na lalaki, "Ang bukal ng karunungan ay parang umaagos na batis." Kawikaan 18:4. Para kay Jeremias, si Kristo ay "bukal ng buhay na tubig;" at

para kay Zacarias, "isang bukal" na mabubuksan "para sa kasalanan, at sa karumihan." Jeremias 2:13; Zacarias 13:1.

Inilarawan siya ni Isaias bilang "walang hanggang bato," at
"lilim ng malaking bato sa kinapapagurang lupain." Isaias 26:4;
32:2. At bandang huli, maging ang pasensya ni Moises ay nau- [488]
bos. "Makinig kayo ngayon, mga mapanghimagsik," sigaw niya; [489]
"ikukuha ba namin kayo ng tubig sa batong ito?" at sa halip na
magsalita sa bato, ayon sa iniutos sa kaniya ng Dios, kanyang hi- [490]
nampas iyon ng tungkod ng dalawang beses.

Ang tubig ay bumukal ng malakas upang makasapat sa lahat. Subalit isang malaking pagkakamali ang nagawa. Si Moises ay nakapag- salita mula sa pagkayamot; ang kanyang salita ay isang pagpapahayag ng simbuyo ng damdamin ng tao sa halip na banal na pagkagalit sa dahilang ang Dios ay winalang pitagan. "Makinig kayo ngayon, mga mapanghimagsik," wika niya. Ang akusasyong ito ay totoo, subalit maging ang katotohanan ay hindi kailangang bigkasin sa simbuyo ng damdamin o kainisan. Nang si Moises ay utusan ng Dios na akusahan ang Israel sa kanilang panghihimagsik, ang mga salita ay naging masakit para sa kanya, at mabigat para sa kanila, gano'n pa man siya ay tinulungan ng Dios sa pagpaparating sa salitang iyon. Subalit nang kunin niya sa kanyang sarili ang pag-aakusa sa kanila, ay sinaktan niya ang Espiritu ng Dios at naging mapait lamang para sa mga tao. Kitang-kita ang kanilang kakulangan ng pasensya at pagkontrol sa sarili. Kaya't ang tao ay nagkaroon ng pagkakataon upang mag- alinlangan kung ang nakalipas niyang paraan ay nasa ilalim ng pag- patnubay ng Dios, at upang bigyan ng dahilan ang sarili nilang mga kasalanan. Si Moises, gano'n din sila, ay nakagawa ng pagkakamali sa Dios. Ang kanyang ginawa, wika nila, sa simula pa lamang sana ay naging bukas na sa pagpuna at pagbabawal. Nakasumpong sila ngayon ng pagbabatayan sa pagnanasa nilang tanggihan ang lahat ng mga sumbat na pinarating sa kanila ng Dios sa pamamagitan ng Kanyang lingkod.

Si Moises ay nagpahayag ng hindi pagtitiwala sa Dios. "Ikukuha ba namin kayo ng tubig?" ang itinanong niya, na parang hindi gagawin ng Panginoon ang Kanyang ipinangako. "Hindi kayo sumampala- taya sa Akin," pahayag ng Panginoon sa dalawang magkapatid, "upang ipakilala ninyong banal Ako sa mga mata ng mga anak ni Israel." Sa panahong iyon nang nawalan ng tubig, ang

sarili nilang pananam- patataya sa katuparan ng pangako ng Dios ay naliglig sa pagrereklamo at panghihimagsik ng mga tao. Ang unang lahi ay pinarusahan na ng kamatayan sa ilang dahil sa hindi nila pagsampa-lataya, at ang gano'ng espiritu ay nahayag pa rin sa [491] kanilang mga anak. Hindi rin ba sila makatatanggap sa ipinangako? Pagod at nasiraan na ng loob, si Moises at si Aaron ay hindi nagsikap na maputol ang takbo ng laganap na nadarama. Kung sila rin ay nagpahayag ng hindi nanghihinang pananampalataya sa Dios, naipakita sana nila sa tao ang bagay na iyon sa paraang makatutulong sa kanila upang malampasan ang pagsubok. Sa pamamagitan ng mabilis, may kapasyahang paggamit ng awtoridad na ibinigay sa kanila bilang mga pinuno, napigil sana nila ang pagreklamo. Tungkulin nila ang gamitin ang bawat pagsisikap na nasa kanilang kapangyarihan upang magkaroon ng mabuting kalagayan ang mga bagay bago humiling sa Dios na gumawa para sa kanila. Kung ang pagrereklamo lang sana sa Cades ay kaagad napatigil, marami sanang sunod-sunod na kasamaan ang naiwasan!

Sa pamamagitan ng biglaang pagkilos na ito ay napawalan ni Moises ng bisa ang liksiyon na layuning maituro ng Dios. Ang bato, na isang simbolo ni Kristo, ay hinampas nang minsan, kung paanong si Kristo ay minsang ihahandog. Sa ikalawang pagkakataon ang kailangan na lamang ay ang magsalita sa bato, kung paanong ang kailangan na lamang natin ay ang humingi ng mga pagpapala sa ngalan ni Jesus. Sa pamamagitan ng ikalawang paghampas sa bato ang kaha- lagahan ng magandang larawang ito ni Kristo ay nasira.

Higit pa dito, inangkin ni Moises at ni Aaron ang kapangyarihang ukol lamang sa Dios. Ang pangangailangan ng tulong ng Dios ay sanhi upang ang okasyong iyon ay maging lubhang banal, at sana'y pinagyaman iyon ng mga pinuno ng Israel upang ang bayan ay magkaroon ng paggalang sa Dios at upang patibayin ang kanilang pananampalataya sa Kanyang kapangyarihan at kabutihan. Nang may galit nilang isinigaw, "Ikukuha ba namin kayo ng tubig sa batong ito?" ay inilagay nila ang kanilang sarili sa lugar ng Dios na parang ang kapangyarihan ay nasa kanilang sarili, na mga lalaking may kahinaan at mga simbuyo ng tao. Bagot na patuloy na pagreklamo at panghihimagsik ng bayan, nawala na sa paningin ni Moises ang kanyang Katulong na Makapangyarihan sa lahat, at hiwalay sa lakas ng Dios ay naiwan sa ikasisira ng kanyang tala sa

pamamagitan ng pagpapahayag ng kahinaan ng tao. Ang lalaki na sana'y tumindig na dalisay, matatag, hindi makasarili hanggang sa pagsasara ng kanyang gawain ay nadaig din sa wakas. Ang Dios ay hindi naparangalan sa harap ng kapisanan ng Israel na dapat sana Siyang dinakila at itinaas.

Sa pagkakataong ito ay hindi hinatulan ng Dios yaong ang masasa- mang gawain ay nagpagalit ng gano'n na lamang kay Moi- [492] ses at kay Aaron. Ang lahat ng sumbat ay napasa mga pinuno. Yaong mga tumindig bilang mga kinatawan ng Dios ay hindi nag- parangal sa Kanya. Sumama ang loob ni Moises at ni Aaron, na hindi naisip ang katotohanan na ang pagreklamo ng mga tao ay hindi laban sa kanila kundi laban sa Dios. Sa pamamagitan ng pagtingin sa kanilang sarili, panawagan sa pagkahahabag sa sarili, na hindi nila namalayang sila ay nahulog sa kasalanan, at hindi naipakita sa mga tao ang malaki nilang kasalanan sa Dios.

Mapait at tunay na nakakahiya ang hatol na kaagad iginawad. "At sinabi ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, Sapagkat hindi kayo sumampalataya sa Akin upang ipakilala ninyong banal Ako sa mga mata ng mga anak ni Israel, kaya't hindi ninyo dadalhin ang ka- pisanang ito sa lupain na Aking ibinigay sa kanila." Kasama ng mapanghimagsik na Israel sila ay kinakailangang mamatay bago sumapit ang pagtawid sa Jordan. Kung si Moises at si Aaron ay mayroong mataas na pagtingin sa sarili o espiritung mapagpalaya sa simbuyo ng damdamin sa harap ng babala at pagsaway ng Dios, ang kanilang kasalanan ay maaaring naging higit na malaki. Subalit hindi sila mapa- paratangan ng sinadya o bukal sa loob na kasalanan; sila ay nadaig ng isang biglaang tukso, at ang kanilang pagsisisi ay mabilis at nadada- ma ng puso. Tinanggap ng Panginoon ang kani- lang pagsisisi, bagaman dahilan sa ikasasama sa bayan ng kanilang kasalanan, ay hindi Niya maaaring iurong ang parusa doon.

Hindi ni Moises inilihim ang hatol sa kanya, sa halip ay sinabi sa bayan na sapagkat hindi siya nakapagbigay luwalhati sa Dios, hindi niya sila maihahatid tungo sa Lupang Pangako. Sinabi niya sa kanila na tandaan ang mahigpit na parusang napasa kanya, at isipin kung paanong pakikitunguhan ng Dios ang kanilang mga reklamo sa pagpaparatang sa isang tao ng mga hatol na sa pamamagitan ng kanilang kasalanan ay napasa kanila. Sinabi niya sa kanila kung paanong siya ay nakiusap sa Dios upang ang hatol ay iurong, at

tinanggihan. “Ang Panginoon ay nagalit sa akin dahil sa inyo,” wika niya, “at hindi ako dininig.” Deuteronomio 3:26.

Sa bawat okasyon ng kahirapan o pagsubok ang mga Israelita ay naging handang iparatang kay Moises ang pag-aakay sa kanila mula sa Ehipto, na parang ang Dios ay walang kinalaman sa bagay na
[493] iyon. Sa buong panahon ng kanilang paglalakbay, samantalang kani-
[494] lang inirereklamo ang mga kahirapan sa daan, at nagrereklamo
laban sa kanilang mga pinuno, ang sabi ni Moises sa kanila, “Ang
[495] inyong mga pag-upasala ay hindi laban sa amin, kundi laban sa
Panginoon. Hindi ako, kundi ang Dios, ang may gawa ng pagliligtas sa inyo.” Subalit ang pabigla-bigla niyang mga salita sa harap ng bato na, “Ikukuha ba namin kayo ng tubig?” ay isang tunay na pag-amin sa kanilang pamamahala, at pinapapagtibay sila sa hindi nila paniniwala at magbibigay katuwiran sa kanilang mga pagreklamo. Aalisin ng Panginoon ang kaisipang ito mula sa kanilang mga isip, sa pamamagitan ng hindi pagpapahintulot na si Moises ay makapasok sa Lupang Pangako. Narito ang isang hindi mapagkakamalang katibayan na ang kanilang lider ay hindi si Moises, kundi ang makapangyarihang Anghel na tinutukoy ng Panginoon sa pagsasabing, “Narito, Aking sinusugo ang isang Anghel sa unahan mo, upang ingatan ka sa daan, at upang dalhin ka sa dakong inihanda sa iyo. Mag-ingat kayo sa Kanya, at dinggin ninyo ang Kanyang tinig:...sapagkat ang Aking pangalan ay nasa Kanya.” Exodo 23:20, 21.

“Ang Panginoon ay nagalit sa akin dahil sa inyo,” wika ni Moises. Ang buong Israel ay nakatingin kay Moises, at ang kanyang kasalanan ay naghatid ng pagpapahayag tungkol sa Dios, na pumili sa kanya upang maging lider ng Kanyang bayan. Ang pagsalangsang ay ini- hayag sa buong kapisanan; at kung iyon ay winalang halaga, maaaring magkaroon ng kaisipan na ang hindi pagpipigil at ang hindi pagpapasensya sa ilalim ng matinding kagipitan ay maaaring bigyang walang halaga doon sa may katungkulan. Subalit nang ipahayag na nang dahil sa isang kasalanang iyon si Moises at si Aaron ay hindi makapapasok sa Canaan, nalaman ng bayan na ang Dios ay hindi nagtatangi ng mga tao, at tiyak na Kanyang parurusahan ang mana- nalansang.

Ang kasaysayan ng Israel ay kinakailangang maitala ukol sa pagtu- turo at pagbabala sa darating na mga panahon. Kinakailan-

gang makita ng mga lalaki sa lahat ng panahon sa hinaharap ang Dios ng langit bilang isang pinuno na hindi nagtatangi, na hindi binabaliwala ang kasalanan sa anomang pagkakataon. Subalit kakaunti ang nakaba- batid sa matinding pagkamakasalanan ng kasalanan. Dinadaya ng tao ang kanilang sarili sa pagsasabing ang Dios ay napakabuti hindi Niya parurusahan ang sumasalangsang. Subalit sa liwanag ng kasaysayan sa Biblia na ang kabutihan ng Dios at ang Kanyang pag-ibig ay nagsasangkot sa Kanya na harapin ang [496]
kasalanan bilang isang kasamaan na nakamamatay sa kapayapaan at kaligayahan ng sansinukob.

Maging ang karangalan at katapatan ni Moises ay hindi maaaring makabago sa parusa sa kanyang pagkakamali. Maraming kasalanan ang ipinatawad ng Dios sa bayan, subalit hindi Niya maaaring pakitunguhan ang kasalanan ng namumuno na tulad sa pinamumunuan. Kanyang pinararangalan si Moises ng higit sa sinomang lalaki sa ibabaw ng lupa. Ipinakita Niya sa kanya ang Kanyang kaluwalhatian, at sa pamamagitan niya ay Kinyang ipinahayag ang Kautusan sa Israel. Ang katotohanan na si Moises ay nagkaroon ng malaking liwanag at kaalaman ay nagpapalala sa kanyang kasalanan. Ang naka- lipas na pagtatapat ay hindi makapagpapawalang sala sa isang maling nagawa. Kapag higit ang liwanag at karapatan ang ipinagkaloob sa isang tao, higit rin ang kanyang responsibilidad, at higit na malala ang kanyang pagkukulang, at higit ang kanyang parusa.

Si Moises ay hindi nakagawa ng isang malaking kasalanan, sa tingin ng tao sa bagay na iyon; ang kanyang kasalanan ay isang pangkaraniwang nagaganap. Wika ng mang-aawit "siya'y nagsalita ng walang pakundangan ng kanyang mga labi." Mga Awit 106:33. Sa tingin ng tao ito ay maaaring tila isang maliit na bagay lamang; ngunit kung naging matindi ang pakikitungo ng Dios sa ganitong kasalanan sa Kanyang pinakatapat at pinarangalang lingkod, hindi Niya palalam- pasin ang ganito sa iba. Ang espiritu ng pagtataas ng sarili, ang hilig mangpuna sa mga kapatid, ay hindi nakalulugod sa Dios. Yaong mga nalululong sa mga kasamaang ito ay naghahasik ng pag-aalinlangan sa gawain ng Dios, at nagbibigay ng dahilan sa hindi pananampalataya ng mga hindi sumasampalataya. Kapag ang posisyon ng isang tao ay higit na mahalaga, at kapag higit ang

kanilang impluwensya, higit rin ang pangangailangan na kanyang sanayin ang pagpapaumanhin at pagpapakumbaba.

Kapag ang mga anak ng Dios, lalong-lalo na yaong mga nasa posisyon ng responsibilidad, ay maaakay sa pag-angkin sa kanilang sarili sa kaluwalhatiang nauukol sa Dios, si Satanas ay nagagalak. Siya ay nagkaroon ng isang pagtatagumpay. Sa ganoong dahilan siya nahulog. Kaya't sa gano'n siya pinakamatagumpay sa panunukso sa iba. Upang tayo ay maging maingat sa ganitong mga paraan Niya ay
[497] nagbigay ang Dios sa Kanyang Salita ng maraming mga aral tungkol sa panganib ng pagtataas sa sarili. Walang isang pintig ng ating likas, walang isang kakayanan ng ating isip o isang hilig ng ating puso, ang hindi nangangailangan, sa bawat sandali, ay mapasa ilalim ng im- pluwensya ng espiritu ng Dios. Walang isang pagpapalang ipinag- kaloob ang Dios ni isang pagsubok ang ipinahintulot Niyang mapasa kanya, kundi kapwa ay maaari at gagamitin ni Satanas upang manukso, manakit, at manira ng kaluluwa, kung bibigyan natin siya ng pinaka- maliit na pagkakataon. Kaya't gaano man kalaki ang espirituwal na liwanag ng isang tao, gaano man niya ikinasisiya at ikinalulugod ang kabutihan at pagpapala ng Dios, kinakailangang lumakad siya ng may pagpapakumbaba sa harap ng Panginoon, nakikiusap na may pananampalataya na patnubayan ng Dios ang bawat kaisipan at pangu- nahan ang bawat damdamin.

Ang lahat ng nag-aangkin ng pagkamaka Dios ay nasa ilalim ng isang pinakabanal na obligasyon na ingatan ang espiritu, at sanayin ang pagpigil sa sarili sa ilalim ng pinakamatinding pagsubok. Napa- kalaki ng pasaning napasa kay Moises; kakaunti lamang ang ma- susu- bok ng gaya ng pagsubok sa kanya; gano'n pa man ay hindi ipinahintulot na mabaliwala ang kanyang kasalanan. Ang Dios ay nagbigay ng sapat para sa pangangailangan ng Kanyang bayan; at kung sila ay magtitiwala sa Kanyang lakas, hindi sila kailan man madadaig ng mga nangyayari. Ang pinakamalaking tukso ay hindi maaaring maka- pagpabaliwala sa kasalanan. Gaano man katindi ang bigat ng pina- pasan ng kaluluwa, ang kasalanan ay sarili nating gawa. Wala sa kapangyarihan ng lupa ni nang impiyerno ang pilitin ang sinoman na gumawa ng kasalanan. Tayo ay inaatake ni Satanas sa ating mahi- hinang bahagi, subalit hindi tayo kinakailangang magpadaig. Gaano man katindi o hindi inaasahan ang tukso, ang

Dios ay may nakalaang tulong para sa atin, at sa Kanyang lakas tayo
ay maaaring manaig. [498]

## Kabanata 38—Paglalakbay sa Palibot ng Edom

Ang kabanatang ito ay batay sa Mga Bilang 20:14-29; 21:1-9.

Ang kampamento ng Israel sa Cades ay maikling lakbayin lamang mula sa hangganan ng Edom, at si Moises at ang bayan ay higit na ninais na sundan ang lakbayin sa daan ng bayang ito sa Pangakong Lupain, at sa gayon nagpadala sila ng pasabi, gaya ng utos sa kanila ng Dios, sa hari ng Edom—

"Kaya sabi ng kapatid mong Israel, nalalaman mong lahat ang kahirapan na nangyari sa amin, kung paanong ang aming mga ama ay naparoon sa Ehipto, at kami'y nanahan sa Ehipto nang maraming panahon at kami'y inapi ng mga Ehipcio; at ng kami'y dumaing sa Panginoon at kami'y dininig at nagsugo ng Anghel, at kami'y inila- bas sa Ehipto, at narito kami'y nasa Cades, isang lungsod sa kadulu- duluhan ng hangganan: paraanin mo kami, isinasamo ko sa iyo, paraanin mo kami sa iyong bayan; hindi kami dadaan sa iyong mga bukid o sa mga ubasan, ni kami'y iinom ng tubig sa iyong mga balon, kami'y dadaan sa daan ng hari, hindi kami liliko sa kanan o sa kaliwa, hanggang sa makaraan kami sa iyong mga hangganan."

Sa ganitong mapitagang pakiusap, isang nagbabalang pag-ayaw ang ibinalik: "Hindi kayo dadaan sa akin, baka ako ay lumabas na laban sa inyo na may tabak."

Sa pagkabigla sa ganitong katugunan, ang mga lider ng Israel ay nagpadala ng ikalawang pakiusap sa hari na may pangako, "Kami'y dadaan sa mataas na daanan, at kung ako at ang aking mga hayop ay uminom ng iyong tubig, ako'y magbabayad para doon: ito lamang, na walang gagawing anuman, idadaan lamang namin ang aming mga paa."

"Hindi kayo makararaan," ang sagot. Mga sandatahang mga Edomita ang mga nakahanay sa mahirap na mga daanan, kaya't anumang payapang pagsulong sa daraanan ay hindi mangyayari, at ang mga Hebreo ay hindi tinutulutang gumamit ng lakas. Kailangang maglakbay sila ng paikot sa lupain ng Edom.

Kung ang bayan, nang dumating sa pagsubok, ay lumapit sa Dios, [499] ang Kapitan ng Hukbo ng Panginoon ay maaring sila'y pinatnubayan sa paglalakbay sa Edom, at ang pagkatakot ay sasa mga nananahan sa Edom, na anupa't sa halip na pagkakait ay kagandahang loob ang ipakilata sa kanila. Ngunit ang mga Israelita ay hindi kaagad sumunod sa salita ng Dios, at samantalang sila ay may mga reklamo at bulung-bulong, ay lumipas ang pagkakataong yaon. Kaya't noong kanilang iharap ang pakiusap sa hari, sila'y tinanggihan. Mula nang iwanan nila ang Ehipto si Satanas ay gumagawa ng mga hadlang at tukso sa daan upang huwag nilang manahin ang Canaan. Sa kanilang kawalan ng pananampalataya ay paulit-ulit nilang binuksan ang pinto sa kaaway para labanan ang panukala ng Dios.

Mahalagang paniwalaan ang Salita ng Dios at kumilos na madalian, samantalang ang mga anghel ng Dios ay naghihintay na gumawa para sa atin. Ang mga masamang anghel ay handang labanan ang pagsulong natin. At kung panahon nang sabihin ng Dios na lumayo at sumulong ang Kanyang mga anak, kung handa ang Dios na gumawa ng dakilang bagay para sa kanila, si Satanas ay handang sila'y tuksuhin upang mag-atubili ang Kanyang mga anak at magkaroon ng pagkabalam; maghahasik siya (si Satanas) ng espiritu ng paglaban at reklamo at kawalan ng pananampalataya na anupa't mawawala sa kanila ang pagpapala ng Dios. Ang mga lingkod ng Dios ay mada- liang kumikilos sa lahat ng pagkakataon. Anumang pagpapaliban ay nagbibigay daan kay Satanas na gumawa para sila ay magapi.

Sa mga utos na ibinigay kay Moises sa kanilang pagdaan sa landas ng Edom pagkatapos na maipahayag na ang mga Edomita ay dapat matakot sa Israel, pinagbawalan ng Panginoon na gamitin ang kala- mangang ito laban sa kanila. Sapagkat ang kapangyarihan ng Dios ay inilaan para sa Israel, at ang pagkatakot ng mga Edomita ay magbibigay ng kalamangan sa kanila, ang mga Hebreo ay hindi dapat samantalahin ito. Ang utos na ibinigay, "Tandaan nga ninyo sa inyong sarili: huwag kayong makisama sa kanila; sapagkat hindi Ko ibibigay ang kanilang lupa sa inyo, oo ni isang talampakan man; sapagkat ibinigay Ko ang Bundok ng Seir kay Esau na pinakamana." Deuteronomio 2:4, 5. Ang mga Edomita ay lahi ni Abraham at ni Isaac, alang-alang sa mga ito na lingkod ng Dios, pinagpakitaan ng kagandahang-loob ang mga anak ni Esau. Pinagkaloob sa kanila ang

Bundok ng Seir upang ariin, at hindi sila dapat gambalain maliban sa
[500] kanilang kasalanan na ibibigay nila ang kanilang sarili sa Kanyang kahabagan. Ang mga Hebreo ay lilipol sa nananahan sa Canaan, na kanilang pinuno ng sukat ng kasalanan ang kanilang sisidlan; ngunit ang mga Edomita ay binigyan pa ng palugit at sa gayon ay binibigyan pa ng kahabagan ng Dios. Nalulugod ang Dios sa kahabagan, at ipinapakita Niya ang Kanyang kahabagan bago Niya ibigay ang Kanyang mga kahatulan. Itinuturo Niyang huwag saktan ang mga Edomita, bago sila pahintulutang puksain ang mga nananahan sa Canaan.

Ang mga ninuno ng mga Edomita at Israel ay magkakapatid kung kaya't sila'y dapat magtinginang magkapatid at pagpipitaganan. Pinag- babawalan ang mga Israelita na huwag paghigantihan ang hindi pag- papapasok sa kanila, sa anumang panahon hindi nila dapat naisin na magkaroon ng anumang bahagi ng lupain ng mga Edomita. Samantalang ang mga Israelita ay hinirang na bayan ng Dios, kailangan nilang sundin ang pagbabawal ng Dios na tinukoy sa kanila. Pina- ngakuan sila ng Dios ng mabuting mana; ngunit huwag nilang isi- ping sila lamang ang may gano'ng karapatan, at paalisin ang iba. Pinagsabihan silang huwag aapihin ang mga Edomita. Sila'y maaring makipagkalakalan sa kanila, na binibili ang kailangang bilhin at ang mga ito'y babayaran. Bilang pag-udyok sa kanila na magtiwala sa Dios at sundin ang Kanyang salita ay pinaaalahanan sila, "Pinagpala ka ng Panginoon mong Dios,... ikaw ay di kinulang ng anoman." Deuteronomio 2:7. Hindi sila aasa sa mga Edomita, sapagkat may- roon silang mayamang Dios sa lahat ng pagkukunan. Hindi nila dadaanin sa lakas o pagdaraya ang anumang kailangan nila, ngunit sa lahat ng kanilang pakikitungo ay gaganapin ang alituntunin ng Banal na Kautusan, "Iibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili."

Kung sa ganitong paraan sila nagdaan sa Edom, gaya ng pinanukala ng Dios, ang pagdaang yaon ay naging pagpapala, hindi lamang sa kanilang sarili, kundi sa mga nananahan sa lupang iyon; magbibigay sana sa kanila ng pagkakataon na makilala ang bayan ng Dios at ang Kanyang pagsamba at sumaksi kung paanong ang Dios ni Jacob ay pinagpala ang mga umiibig at natatakot sa Kanya. Ngunit sa lahat ng ito'y ang ang kawalan ng pananampalataya ng Israel ang nakapigil. Binigyan sila ng tubig ng Dios sa kanilang kahilingan, ngunit

ang kawalan ng pananampalataya ang gumawa ng kaparusahan. Kailangang sila'y maglakbay sa disyerto at paririn ang kanilang kauhawan sa mahiwagang bukal, na kung sila lamang ay nagtiwala sa Kanya ay hindi na kinakailangan na ito'y gawin pa. [501]

Muli ang karamihan ng Israelita ay tumungo sa hilaga ng maruruming dako na lalong dumidilim kung ihahambing sa dinaanan nilang mga berdeng mga burol at libis ng Edom. Mula sa kabundukan na nasisilayan ang disyerto naroon ang pagtaas ng Bundok ng Hor na ang tuktok ay siyang kinamatayan at pinaglibingan kay Aaron. Nang dumating ang mga Israelita sa Bundok, ay ibinigay ang banal na utos kay Moises—

"Kunin mo si Aaron at si Eleazar na kanyang anak at dalhin sa Bundok ng Hor: alisan si Aaron ng kanyang kasuotan, at isuot kay Eleazar na kanyang anak: at si Aaron ay matitipon sa kanyang bayan at mamamatay roon."

Magkasama ang dalawang matandang ito at ang bata-bata ay umak- yat sa kaitaasan ng bundok. Ang mga ulo ni Moises at Aaron ay pumuti sa yelo ng 120 taong tag-lamig. Ang mahaba nilang buhay ay nagdanas ng malalim na pagsubok at dakilang karangalan na ukol sa tao. Sila'y mga lalaking may katutubong kakayahan at lahat ng ka- pangyarihan ay napaunlad, nataas at kinilala sa pakikipag-usap sa Dios. Ang kanilang buhay ay ginugol sa walang kasakimang pagli- lingkod sa Dios at sa tao. Ang kanilang kaanyuan ay dakilang ka- pangyarihan ng isipan, katatagan at maginoong panukala at dakilang kaluguran.

Maraming taong si Moises at Aaron ay tumayong magkasama sa kanilang hangarin at pagpapagal. Nasuong silang magkasama sa hindi mabilang na panganib at magkabahagi sa pagpapala ng Dios, ngunit dumating ang oras na dapat silang magkahiwalay. Sila'y mara- hang lumakad, sapagkat bawat sandali sa kanilang pagsasama ay ma- halaga. Ang pag-akyat ay matarik at nakapapagod, at sa kanilang pagpapahinga, pinag-usapan nila ang nakaraan at ang darating. Sa kanilang harapan, sa abot ng makikita ay nakalahad ang larawan ng kanilang paglalakbay. Sa kapatagan ay naroon ang mga Israelita na pinagpagalan ng pinakamabuting bahagi ng kanilang buhay, na may pagsasakit na kanilang pinaglingkuran. Sa kabila pa roon ng mga bundok ng Edom ay ang landas na patungo sa Lupang Pangako— lupaing ang pagpapala'y hindi na makakamtan ni Aaron at

Moises. Walang diwa ng paglaban ang nasumpungan sa kanilang mga puso, walang anumang reklamo ang namutawi sa kanilang mga labi. Ngunit may kalungkutang napasa kanila samantalang naalaala [502] nila ang nag- sara sa kanila sa mana ng kanilang ninuno.

Nagampanan na ni Aaron ang kanyang gawain sa Israel. Apatnapung taon ang nakararaan sa gulang na walumpu't tatlo, tinawag ng Dios si Aaron upang makasama ni Moises sa dakila at mahalagang gawain. Nakisama siya sa kanyang kapatid sa pag-akay sa bayang Israel sa paglabas sa Ehipto. Itinaas niya ang kamay ni Moises nang ito ay makipaglaban kay Amalec. Siya'y pinayagang umakyat sa Bundok ng Sinai upang makita ang Dios, at makita ang kaluwalhatian. Ibinigay ng Dios sa sambahayan ni Aaron ang pagka-saserdote. At pinarangalan siya sa banal na pagtatalaga bilang mataas na saserdote. Pinalakas siya sa banal na kahatulan sa pagwasak kay Core at mga kasama. Sa pamamagitan ni Aaron natigil ang salot. Nang ang dalawang anak niya'y namatay sa paglabag ay hindi siya naghinanakit at nagrebelde ni nagreklamo. Nguni't ang kasaysayan ng kanyang marangal na buhay ay nadungisan. Nagkasala siya ng mabigat nang nagpadala siya sa mga Israelita sa paggawa ng guyang ginto, sa Sinai at ng pagkampi kay Miriam sa inggit kay Moises, at nilapastangan ang Dios sa Cades sa pagpalo sa bato upang magbigay ng tubig.

Pinanukala ng Dios na ang mga dakilang lider ng Kanyang bayan ay ang mga kinatawan ni Kristo. Dala ni Aaron ang pangalan ng Israel sa kanyang dibdib. Kanyang pinaabot sa mga tao ang kalooban ng Dios. Siya'y pumasok sa kabanal-banalang dako sa araw ng pagtu- bos, "Hindi walang dugo," bilang isang tagapamagitan sa buong Israel. Siya'y nanggaling sa gawain upang pagpalain ang kapulungan, gaya ng pagparito ni Kristo upang pagpalain ang bayang naghihintay kung ang gawain ng pagtubos ay maganap na. Ito ang mataas na uri ng tungkulin ng banal na tanggapan bilang kinatawan ng dakilang Mataas na Saserdote. Ang tungkulin niya sa Cades ay malawak.

May kalungkutang hinubad ni Moises ang banal na kasuotan ni Aaron at isinuot kay Eleazar. At si Eleazar ang naging kahalili ni Aaron sa banal na pagtatalaga. Dahil sa kasalanan ni Aaron sa Cades, ipinagkait kay Aaron ang maglingkod na mataas na saserdote ng Dios sa Canaan—na paghahandog ng unang sakripisyo sa matabang

lupa, at pagtatalaga sa mana ng Israel. Patuloy na pinasan ni Moises ang pagpatnubay sa Israel sa hangganan ng Canaan. Makararating siya sa pagtanaw lamang sa ipinangakong lupain ngunit hindi makapapasok doon. Kung ang mga lingkod na ito ng Dios, kung samantalang sila'y nakatayo sa bato sa Cades ay ginampanang walang pagsa- [503]
lansang ang pagsubok na ibinigay sa kanila, gaano nga kakaiba ang kanilang hinaharap! Ang isang maling hakbang ay hindi na maibabalik pa. Ang gawaing buong panahon ay hindi na mababawi pa ang pagkakamali dahil sa hindi pagpipigil o kawalang isip.

Ang pagkawala sa kampamento ng dalawang lider at ang pagsama sa kanila ni Eleazar na alam ng marami, na siyang magiging kahalili ni Aaron sa banal na tungkulin, ay nag-iwan ng pag-aalaala at ang kanilang pagbabalik ay hinihintay. Samantalang ang mga Israelita ay minamasdan ang malaking karamihan, kanilang napansin na lahat ng mga may gulang na umalis patungo sa ilang ay wala ng nakabalik pa. Ang lahat ay naalaala sa kasamaang mangyayari dahil sa hatol na naibigay na kina Moises at Aaron. Ang iba'y nakaalam ng layunin ng mahiwagang paglalakbay na yaon sa tuktok ng Bundok Hor, at ito'y nagdalang kalungkutan sa kanila sa pagsisisi sa kanilang sarili.

Walang kaginsa-ginsa'y namalas nila ang pagbaba nila Moises at Eleazar ngunit hindi kasama si Aaron. Nakasuot kay Eleazar ang damit ng saserdote na nagpapakilalang siya ang kahalili ng kanyang amang si Aaron. At samantalang nagkatipon sa harap ni Moises ang lahat, isinalaysay niya (Moises) ang kamatayan ni Aaron sa kanyang bisig sa Bundok ng Hor at doon siya inilibing. Nagdalamhati ang bayan, sapagkat mahal nila si Aaron bagaman madalas na ito'y kanilang dinadalamhati. "Tinangisan nila si Aaron ng tatlumpung araw, maging ng buong bahay ng Israel."

Tungkol sa paglilibing ng mataas na saserdote, ang Kasulatan ay nagsasaad lamang ng, "Doon namatay si Aaron at doon siya'y inilibing." Deuteronomio 10:6. Gaano ngang kaibahan ng kaugalian sa paglilibing sa ating kapanahunan, sangayon sa utos ng Dios. Sa panahon sa kasalukuyan, gaano ngang pagdiriwang ng alaala ang ipinakikita pati sa paggugol ng walang kabuluhan. Nang mamatay si Aaron, isa sa kilalang taong nabuhay, dalawa lang ang nakasaksi sa kanyang kamatayan at paglilibing. At ang libingang iyon, ay nakatago sa paningin ng Israel. Hindi nalulugod ang Dios sa karangyaang

ipinakikita sa isang patay kung inililibing at malalaking halagang ginugugol sa pagbabalik sa kanila sa alabok.

Ang malaking kapulungan ay nagdalamhati para kay Aaron, ngunit hindi kasing hapdi ng kapighatian ni Moises. Ang kamatayan ni Aaron ay nagpaalaala kay Moises na ang kanyang kaarawan ay nalalapit na rin; ngunit sa kabila ng kakauntian ng kanyang mga araw
[504] na nalalabi, nadama niya ang pagkawala ni Aaron na naging kanyang kabahagi sa kagalakan at kapighatian, sa pag-asa at kinatatakutan, sa maraming taon. Kailangang ipagpatuloy ni Moises ang gawaing nag- iisa; ngunit batid niyang ang Dios ang kanyang kaibigan, at sa Kanya siya dapat sumandal naman.

Pagkatapos na lisanin ang Bundok Hor, dinanas ng pagkagapi ang mga Israelita sa kamay ni Arad, isa sa mga hari ng Canaan. Sapagkat hiningi nila ang tulong ng Dios, sila'y pinakinggan at nalupig ang kanilang mga kaaway. Ang tagumpay na ito, sa halip na maging sanhi ng pasasalamat at pagtingin ng utang na loob sa isang Dios na dapat tingnan, ay nag-udyok sa kanila sa kapalaluan at tiwala sa sarili. Muli silang bumalik sa pagrereklamo at pagbubulong-bulong. Na- walan sila ng kasiyahan sapagkat hindi sila pinahintulutang kaagad na sumulong sa Canaan sa pagsuway ng mga inutusan apatnapung taon ang nakaraan. Ipinalagay nilang ang kanilang matagal na pana- natili sa ilang ay hindi kailangan. Sana'y kanila nang nagapi ang kanilang mga kalaban.

Samantalang nagpapatuloy sila sa kanilang paglalakbay sa hilaga, ang kanilang landas ay tungo sa isang kainitan at mababanging libis na walang masisilungan at mga halaman. Waring mahaba at ma- hirap, at sila'y nagtiis ng hirap at kauhawan. At muli hindi nila napagtagumpayan ang pagsubok ng pananampalataya at pagtitiis. Sa patuloy na pagtingin sa madilim na karanasan ng kanilang buhay, lalo nilang nailayo ang mga sarili sa Dios. Nakalimutan nilang dahil sa kanilang mga reklamo nang mawalan ng tubig sa Cades, hindi na sana sila maglalakbay pa sa paikot ng Edom. Pinanukala ng Dios ang higit na mabuting bagay para sa kanila. Sana'y napuno ng pasasalamat ang kanilang puso dahil sa maliit lamang na kaparusahan ang kanilang tinanggap. Kanilang iniligaw ang kanilang sarili sa isipang kung hindi nakialam ang Dios at si Moises sa kanila, sila sana'y nakapasok na sa Canaan. Pagkatapos na dalhin nila ang kanilang mga suliranin sa kanilang kagagawan, na ginawang higit na

mahirap kay sa panukala ng Dios, kanilang ibinunton ang lahat ng pagsisisi sa Kanya. Nagkaroon sila ng isipang pinahihirap ng Dios ang kanilang buhay, hanggang sa sila'y hindi nasiyahan sa lahat ng bagay. Ang Ehipto ay higit na naging mabuti sa kanila kay sa kalayaan at lupang pangako na pagdadalhan sa kanila ng Dios.

Samantalang ang mga Israelita ay nasa espiritu ng pagkawalang [505]
kasiyahan, sinisisi nila pati ng mga pagpapalang kanilang tinanggap. "At ang bayan ay nagsalita laban sa Dios, at laban kay Moises, Bakit nga inilabas mo kami sa Ehipto upang mamatay sa ilang? sapagkat walang tinapay, ni tubig man."

Matapat na ipinakita ni Moises sa mga Israelita ang mabigat nilang kasalanan. Sa kapangyarihan lamang ng Dios sila'y nailigtas "sa nakakatakot na paglalakbay sa ilang, na nandoon ang mga makaman- dag na mga ahas at walang tubig na maiinom." Deutoronomio 8:15. Sa araw-araw na kanilang paglalakbay sila'y naingatan sa hiwaga ng kahabagan ng Dios. Sa lahat ng pagpatnubay ng Dios ay naka- sumpong sila ng tubig, tinapay sa langit na pumawi sa gutom, at kapayapaan at kanlungang alapaap kung araw at haliging apoy kung gabi. Ang mga anghel ang umalalay sa kanila sa pag-akyat sa matata- rik na mga bundok at mga baku-bakong mga landas. Sa kanilang paglalakbay ay walang payat sa kanilang hangganan. Hindi nanga- maga ang kanilang mga paa, at ang kanilang mga damit ay hindi nangaluma. Inalis ng Dios ang mga mabangis na hayop sa parang pati ng mga makamandag na ahas sa kanilang daraanan sa kagubatan at buhanging daanan. Kung sa lahat na ipinakitang pag-ibig ng Panginoon ay patuloy silang hindi masisiyahan, maaring alisin ng Panginoon ang Kanyang pagbabantay hanggang sa kanilang pahala- gahan ang Kanyang pagtinging may kahabagan at magbalik sa Kanya na may pagsisisi at kahihiyan.

Sapagkat sila'y ipinagsanggalang ng isang banal na kapangyarihan, hindi nila naisip ang mga panganib na kanilang kinasuungan. Sa kanilang kawalan ng pananampalataya at pagtanaw ng utang na loob, iniisip nila ang kamatayan na ngayon ipinahintulot ng Dios. Ang mga makamandag na ahas na siyang nagkalat sa ilang ay tinawag na maapoy na ahas dahil sa mga tibo o kagat na bunga nito na pamamaga at kamatayan. At nang alisin na ng Dios ang Kanyang pagsasangga- lang sa Israel, marami ang namatay sa kagat ng mga makamandag na ahas na ito.

Nagkaroon nga ng pagkatakot at kaguluhan sa kampamento ng Israel. Sa bawat tolda ay may dumadalaw na kamatayan. Walang ligtas sa panganib. Madalas na ang katahimikan ng gabi ay pinupukaw ng iyakan na tanda ng dumalaw na kamatayan. Ang lahat ay tumutulong sa lahat ng dinadalaw ng kapahamakam. Walang kai-
[506] ngayang hindi pinakiramayan. Kung ihahambing sa nangyayari sa kasalukuyan, ang kanilang dating kahirapan at pagsubok ay walang kabuluhan sa isipan.

Nagpakababa ngayon ang bayan ng Dios. Pumaroon sila kay Moises at nagsisi at nagtapat ng kanilang mga kasalanan at nakiusap ng kapatawaran ng Dios. "Kami'y nagkasala," wika nila, "sapagkat nagsalita kami laban sa Panginoon, at laban sa iyo." Hindi pa nagtatagal si Moises ay pinagbintangang kanilang mahigpit na kaaway, ang dahilan ng lahat nilang kahirapan at kaapihan. Ngunit kahit na sinalita nila ang mga yaon ay batid nilang iyon ay kasinungalingan. At noong lumala na ang lahat sa kanya pa rin sila lumapit upang si Moises ang mamagitan sa kanila at sa Dios. "Dumalangin ka sa Panginoon," ang kanilang hibik, "na Kanyang alisin ang mga ahas mula sa amin."

Si Moises ay binigyan ng banal na utos na gumawa ng ahas na tanso na tulad ng buhay, at itaas ito sa harap ng bayan. Lahat ng nangakagat ng ahas ay titingin sa tansong ahas, at sila'y magkakaroon ng kagalingan. Ginawa ito ni Moises at ipinahayag sa buong kampamento na lahat ng nakagat ay tumingin lamang sa tansong ahas at gagaling. Nang itaas ni Moises ang ahas na tanso sa karamihan ay marami ang hindi nagsipaniwala at sila'y nangamatay. Ngunit marami ang nagsipaniwala naman sa paraan ng Dios. Mga ama, ina, kapatid na lalaki, at kapatid na babae ang kasama sa pagtulong sa nahihirapang mga kaibigan. Kung ang mga ito, bagaman mahina na at naghihintay ng kamatayan ay titingin lamang sa ahas sila'y ma- bubuhay, at sila nga'y nabuhay.

Batid ng mga tao na walang kapangyarihan sa serpenteng tanso na makapagpapabago doon sa titingin dito. Ang pagpapagaling ay ga- ling lamang sa Dios. Sa Kanyang karunungan ay pinili Niya ang paraang ito sa pagpapakita ng Kanyang kapangyarihan. Sa ganitong payak na paraan napagtanto ng tao na ang kapighatiang ito ay dumating sa kanila dahil sa kanilang pagsalansang. Binigyan din

sila ng kasiguruhan na samantalang sinusunod nila ang Dios, wala silang dapat ikatakot sapagkat Kanyang iingatan sila.

Ang pagtataas ng tansong ahas ay upang turuan ng liksyon ang Israel. Hindi maililigtas ang kanilang sarili sa makamandag na lason ng kanilang sugat. Ang Dios lamang ang makapagpapagaling sa kanila. Gayunma'y kailangang ipakita nila ang kanilang pananampalataya sa bagay na inihanda Niya. Kailangan silang tumingin upang mabuhay. Ang kanilang pananampalataya ang kaayaaya [507]
sa Dios, at ang pagtingin sa ahas ay ipinakita nila ang kanilang pananampalataya. Batid nilang walang bisa ang ahas, ngunit ito'y simbolo ni Kristo, ang kahalagahan nito ay inihayag sa kanilang isipan. Mula roon ay dinala ng marami ang kanilang kaloob sa Dios, at sa pag- gawa nito ay naging katubusan sa kanilang kasalanan. Hindi sila nanghawakan sa Tagapagligtas sa Kanyang pagdating, na ang mga handog na ito'y isang sagisag lamang. Tuturuan tayo ng Dios na ang mga handog na kasama ang mga sakripisyo, sa kanilang sarili, ay walang higit na kapangyarihang kagalingan kaysa sa ahas na tanso, gayon din, upang dalhin ang kanilang isipan kay Kristo, ang dakilang hain sa kasalanan.

"Kung paanong itinaas ni Moises ang ahas sa ilang," ay gayon din ang Anak ng tao "itataas, na sinumang sa kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." Juan 3:14, 15. Lahat ng nabuhay sa lupa ay nakadama ng nakamamatay na kagat ng "matandang ahas, na tinatawag na diablo, si Satanas." Apocalipsis 12:9. Ang nakamamatay na bunga ng kasalanan ay maaa- lis lamang sa paraang ginawa ng Dios. Iniligtas ng mga Israelita ang kanilang buhay sa pagtingin lamang sa itinaas na ahas na tanso. Ang pagtinging yaon ay nagpatunay ng kanilang pananampalataya. Nabuhay sila sapagkat naniwala sila sa salita ng Dios.

Samantalang hindi maililigtas ng makasalanan ang kanyang sarili, gayunma'y mayroon siyang kailangang gawin para sa kaligtasan. "Si- yang lumalapit sa Akin," sabi ni Kristo, "ay hindi Ko itatakwil." Juan 6:37. Ngunit kailangan tayong lumapit sa Kanya; at kung tayo'y magsisi sa ating mga kasalanan, tayo'y sumampalatayang tayo'y tina- tanggap Niya at pinatawad. Ang pananampalataya ay kaloob ng Dios, ngunit ang kapangyarihan na gawin ito ay atin.

Ang pananampalataya ay siyang kamay na pinanghahawakan ng kaluluwa sa banal na biyaya at kahabagan.

Walang iba maliban sa katuwiran ni Kristo ang magbibigay karapatan sa atin sa isang pakikipagtipan sa biyaya. Marami ang nagpunyagi na kamtan ang biyayang ito ngunit hindi nangyari sa dahilang inisip nilang mayroon silang gagawin upang maging karapat-dapat sa mga iyon. Hindi nila inalis ang kanilang pagtingin sa sarili, na nanini- walang sapat na maging tagapagligtas si Jesus. Hindi kailan man dapat isiping ang ating mga kabutihan ay magliligtas sa
[508] atin; si Kristo lamang ang ating pag-asa ng kaligtasan. "Sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa tao sa ating kaligtasan." Mga Gawa 4:12.

Kung lubos tayong nagtitiwala sa Dios, kung tayo'y nanghahawakan sa kabutihan ni Jesus na nagpatawad ng kasalanan ang Tagapagligtas, matatanggap natin ang lahat ng tulong na kinakailangan natin. Huwag tumingin ang bawat isa sa kanyang sarili, na wari bang may kapangyarihan silang iligtas ang sarili. Namatay si Jesus para sa atin sapagkat wala tayong magagawa. Nasa Kanya ang ating pag-asa, ating kaganapan, ating katuwiran. Kung nakikita natin ang ating sarili sa ating kasalanan, hindi tayo dapat manglupaypay at isiping wala tayong Tagapagligtas, o kaya'y wala Siyang isipan ng kahabagan para sa atin. Sa panahong ito inaanyayahan Niya tayo na lumapit sa Kanya sa ating kahinaan upang maligtas.

Marami sa mga Israelita ang hindi nakakita ng tulong ng Langit na inihanda ng Dios. Ang mga nangamamatay ay nasa kapaligiran, alam nila ito, na kung walang tulong ang langit, pati ang kanilang kahihinatnan ay tiyak; ngunit patuloy na napighati sila sa kanilang mga sugat, ang mga sakit, ang kamatayan, hanggang mawala ang kanilang lakas at ang kanilang mga mata'y lumabo, na sana'y sumakanila ang madaliang paggaling. Kung nalalaman natin ang ating mga pangangailangan, hindi natin dapat gamitin ang ating panahon sa pagkahabag sa ating katayuan. Samantalang nalalaman natin na kung hiwalay kay Kristo tayo'y magkakaroon ng mga panglulupaypay, dapat tayong manghawakan sa isang napako sa krus na Kristo. Tumingin ka at maliligtas. Ipinangako ni Jesus ang Kanyang salita; Kanyang ililigtas ang lahat ng lalapit sa Kanya. Bagaman milyun- milyon ang hindi tumatanggap sa alok Niyang

kahabagan, walang sinumang nagtitiwala sa Kanyang kabutihan ang mapapahamak.

Marami ang ayaw tumanggap kay Kristo hangga't ang hiwaga ng panukala ng kaligtasan ay maliwanagan. Tinatanggihan nila ang tingin ng pananampalataya, bagaman nakita nila na libu-libo ang tumingin, at nakita ang resulta ng pagtingin sa krus ni Kristo. Marami ang naglalakbay sa indayog ng pilosopiya, sa pagtuklas ng katuwiran at patotoo na kailanman ay hindi matatagpuan, samantalang tinatanggihan nila ang mga patotoong inihayag ng Dios. Tinanggihan nilang lumakad sa liwanag ng Anak ng Katuwiran, hanggang ang pagsikat
ay maipaliwanag. Lahat ng magpipilit sa ganitong hakbang ay hindi [509]
makakarating sa pagkakilala ng katotohanan. Hindi aalisin ng Dios ang diwa ng pag-aalinlangan. Lubos Siyang nagbibigay ng sapat na patotoo, at kung ito'y hindi tanggapin, naiiwan ang isipan sa kadili- man. Kung yaong mga nakagat ng ahas ay tumigil sa pag-aalinlangan at pagtatanong bago sila tumingin sila'y mamamatay. Ating tungkulin, una, ang tumingin; at ang pagtinging may pananam-
palataya ay magbibigay sa atin ng buhay. [510]

## Kabanata 39—Ang Pagsakop sa Basan

Ang kabanatang ito ay batay sa Deuteronomio 2; 3:1-11.

Nang makaraan sa timog ng Edom, ang mga Israelita ay pumihit sa hilaga, at muling humarap tungo sa Lupang Pangako. Ang kanilang dadaanan ngayon ay nasa isang malawak, at nasa itaas na parang, na dinadaanan ng malamig at sariwang hangin mula sa mga burol. Yaon ay isang tinatanggap na pagbabago mula sa tuyong lambak na kanilang dinaanan, at sila'y nagpatuloy, na masigla at may pag-asa. Nang kanilang matawid ang sapa ng Zered sila ay dumaan sa sila- ngan ng Moab; sapagkat ang utos ay ibinigay, "Huwag mong kakaa- litin ang Moab, ni kakalabanin sila sa digma: sapagkat hindi kita bibigyan sa kanilang lupain ng pinakaari; sapagkat Aking ibinigay na pinakaari ang Ar sa mga anak ni Lot." At ang utos ding iyon ay inulit tungkol sa mga Amonita, na mga inanak din naman ni Lot.

Sa pagpapatuloy pa rin tungo sa hilaga, ang mga Israelita ay naka- rating sa lugar ng mga Amonita. Ang makapangyarihan at ang mapangdigmang ito ay dating sumasakop sa timog na bahagi ng lupain ng Canaan; subalit, sa pagdami ng kanilang bilang, sila ay tumawid sa Jordan, nakipagdigma sa mga Moabita, at sumakop sa isang bahagi ng kanilang teritoryo. Dito sila ay naninirahan, na may- roong hindi nalalabanang kapamahalaan sa buong lupain mula sa Arnon hanggang sa malayong hilaga na abot sa Jabbok. Ang daan tungo sa Jordan sa ninanais marating ng mga Israelita, ay narito sa teritoryong ito, at si Moises ay nagpadala ng isang nakikipagkaibigang liham kay Sehon, ang hari nga mga Amorrheo, sa kanilang kapitolyo: "Paraanin mo ako sa iyong lupain: sa daan lamang ako lalakad, hindi ako liliko maging sa kanan ni sa kaliwa. Pagbibilhan mo ako ng pagkain sa salapi, upang makakain ako; at bibigyan mo ako ng tubig sa salapi, upang makainom ako: paraanin mo lamang ako ng aking mga paa." Ang sagot ay isang matigas na pagtanggi, at ang lahat ng mga Amorrheo ay pinagsabihang hadlangan ang pagsu-

long ng mga manloloob. Ang malaking sandatahang ito ay lumikha ng takot sa mga Israelita, na hindi gaanong handang makilaban sa [511] isang mahusay na sandatahan at sanay na mga hukbo. Kaya't kung tungkol sa pakikipaglaban ang pag-uusapan, ang kanilang kalaban ay nakalalamang. Sa lahat ng paningin ng tao, ang Israel ay madaling matatalo.

Subalit pinanatili ni Moises ang kanyang paningin sa maulap na haligi, at pinasigla ang bayan sa pamamagitan ng kaisipan na ang tanda ng pakikisama ng Dios ay sumasakanila pa rin. At sa pag- kakataon ding iyon ay ipinag-utos niya sa kanila na gawin ang lahat ng maaaring gawin sa kakayanan ng tao sa paghahanda para sa paki- kipagdigma. Ang kanilang mga kalaban ay sabik na sabik ng maki- paglaban, at naniniwalang mapapawi nila sa lupain ang mga Israelitang hindi handa sa pakikipagdigma. Subalit mula sa May-ari ng lahat ng lupain ang utos ay pinarating sa pinuno ng Israel: "Mag- sitindig kayo, kayo'y maglakbay, at magdaan kayo sa libis ng Arnon: narito, Alang ibinigay sa iyong kamay si Sehon na Amorrheo, na hari sa Hesbon, at ang kanyang lupain: pasimulan mong ariin, at kalabanin mo siya sa digma. Sa araw na ito ay pasisimulan Kong ilagay sa mga bayang nangasa silong ng langit ang sindak sa iyo at ang takot sa iyo, na maririnig nila ang iyong kabantugan, at magsisi- panginig, at mangahahapis dahil sa iyo."

Ang mga bansang ito sa mga hangganan ng Canaan ay maaari sanang nakaligtas, kung hindi sana sila tumindig, sa paglaban sa salita ng Dios, upang hadlangan ang pagsulong ng Israel. Ipinaki-lala na ng Dios ang Kanyang sarili bilang may dakilang kabaitan at pagka- habag, maging sa mga taong ito na hindi kumikilala sa Dios. Nang si Abraham ay pagpakitaan sa pangitain na ang kanyang binhi, ang mga anak ni Israel, ay magiging dayuhan sa ibang lupain sa loob ng apat- naraang taon, ang Panginoon ay nagbigay sa kanya ng pangako na, "Sa ikaapat na salin ng iyong binhi, ay magsisiba-lik rito: sapagkat hindi pa nalulubos ang katampalasanan ng mga Amorrheo." Genesis 15:16. Bagaman ang mga Amorrheo ay mga sumasamba sa diyus- diyusan, na ang buhay ay lubhang pinatigas ng kanilang malaking kasalanan, sila ay hindi ng Dios hinayaang mapuksa sa loob nga apat- naraang taon upang bigyan sila ng hindi mapagkakamaliang katiba- yan na siya lamang ang natatanging tu-nay na Dios, ang Manlalalang ng langit at ng lupa. Ang lahat ng

kanyang kahanga-hangang ginawa sa paghahatid sa Israel mula sa Ehipto ay kanilang nalaman. Sapat na katibayan ay ibinigay; nala-
[512] man na sana nila ang katotohanan, kung sila lamang ay naging handa upang tumalikod mula sa kanilang pagsamba sa diyus-diyusan at kawalan ng pagpipigil. Subalit kanilang tinanggihan ang liwanag, at nanatili sa kanilang mga diyus-diyusan. Nang dalhin ng Panginoon sa ikalawang pagkakataon ang Kanyang bayan sa mga hangganan ng Canaan, ang mga bansang iyon na hindi kumikilala sa Dios ay binigyan pa ng karagdagang katibayan ng Kanyang kapangyarihan. Kanilang nakita na ang Dios ay kasama ng Israel sa pagtatagumpay laban sa Haring Arad at ng mga Canaanita, at sa kababalaghang ginawa upang iligtas yaong mga nangamamatay dahil sa mga kagat ng mga ahas. Gano'n pa man ang mga Israelita ay hindi pinahintulutang dumaan sa lupain ng Edom, kung kaya't napi- litang dumaan sa mahaba at mahirap na daan sa baybay ng Dagat na Pula, gano'n pa man sa lahat ng kanilang mga paglalakbay at mga pagkakampamento,. hanggang sa kanilang malampasan ang lupain ng Edom, ng Moab at ng Ammon, sila ay hindi nagpakita ng anumang kalupitan, at hindi gumawa ng pananakit sa mga tao ni sa kanilang mga ari-arian. Nang marating ang hangganan ng mga Amorrheo, ang mga Israelita ay humingi ng pahintulot na dadaan lamang sa lupain, nangangakong susundin ang mga patakaran na kanilang sinu- sunod sa kanilang pakikisalamuha sa ibang mga bansa. Nang ang hari ng mga Amorrheo ay tumanggi sa magalang na kahilingang ito, at galit na tinipon ang kanyang hukbo para sa pakikipagdigma, ang tasa ng kanilang kasamaan ay puno na, at ngayon ay gagamitin na ng Dios ang kapangyarihan upang sila ay puksain.

Ang mga Israelita ay tumawid sa ilog ng Arnon, at sumalakay sa mga kalaban. Nagkaroon ng pagsasagupaan, at ang mga Israelita ay naging matagumpay; at nang pasundan pa nila ang kanilang naging kalamangan, ay napunta sa kanilang pag-aari ang lupain ng mga Amorrheo. Ang Prinsipe ng hukbo ng Panginoon ang lulupig sa mga kalaban ng Kanyang bayan; at gano'n din sana ang ginawa Niya 38 taon na ang nakalilipas, kung ang Israel lamang ay nagtiwala sa Kanya.

Puspos ng pag-asa at katapangan, ang sandatahan ng Israel ay may kasabikang nagpatuloy, at, sa pagpapatuloy pa rin tungo sa timog, kaagad silang dumating sa isang lupain na maaaring lu-

bos na maka- subok sa kanilang katapangan at sa kanilang pagtitiwala sa Dios. Nasa harap nila ang makapangyarihan at lubhang maraming tao sa kaharian ng Basan, puno ng mga lungsod na bato na sa ngayon ay nakapagpapamangha sa daigdig—"anim na pung [513]
bayan...nakukutaan ng matataas na kuta, na may mga pintuang bayan at mga halang; bukod pa ang napakaraming mga bayan na walang kuta." Deuteronomio 3:1-11. Ang mga bahay ay yari sa malalaking itim na bato, na gano'n na lamang ang laki upang ang mga gusali ay hindi maaring nakilos ng anomang puwersa na noong mga panahong iyon ay maaaring maiharap laban sa kanila. Iyon ay isang bansa na puno ng mapanganib na mga kuweba, matataas na mga bangin, malalawak na mga look, at mga batong kuta. Ang mga naninirahan sa lupaing ito, na mga inanak mula sa isang lahi ng mga higante, ay may mga kagilagilalas na laki at lakas, kung kaya't kilala sa kanilang pananakit at kalupitan na sukat ikatakot ng lahat ng nakapalibot na mga bansa; samantalang si Og, ang hari ng bansa, ay may kapansin-pansing taas at lakas, maging sa isang bansa ng mga higante.

Subalit ang maulap na haligi ay tumulak pasulong, at sa pagsunod sa pagpatnubay noon ang hukbo ng mga Hebreo ay nagpatuloy tungo sa Edrei, kung saan ang higanteng hari at ang kanyang mga puwersa, ay naghihintay sa kanilang pagdating. Mahusay na pinili ni Og ang lugar ng labanan. Ang lungsod ng Edrei ay nasa hangganan ng isang malapad na dakong mataas ng bahagya sa kapatagan, at nakukublihan ng nakakalat na mga batong mula sa bulkan. Iyon ay mararating lamang sa pamamagitan ng makikipot na mga daan, matarik, at mahirap panhikin. Kung sakaling madadaig, ang kanyang mga puwersa ay maaaring magkubli sa ilang mga bato kung saan magiging imposible para sa mga dayuhan ang sumunod sa kanila.

Nakasisiguro sa pagtatagumpay, ang hari ay lumabas kasama ang isang napakalaking sandatahan sa bukas na parang, samantalang ang mga sigaw ng pangungutya ay naririnig mula sa kapatagang bahagi sa itaas, kung saan maaaring makita ang mga sibat ng libu-libo, na sabik sa labanan. Nang makita ng mga Hebreo ang matipunong anyo ng mga higante na higit ang taas kaysa sa mga sundalo ng kanyang hukbo; nang kanilang makita ang hukbo na nakapalibot sa kanya, at makita ang tila hindi magigibang tanggulan, na sa likod noon ang hindi nakikitang libu-libo ay nakahanay, ang puso ng marami sa

Israel ay nanginig sa takot. Subalit si Moises ay nanatiling tahimik at matatag; sinabi ng Panginoon tungkol sa hari ng Basan, "Huwag mong katakutan siya, at ang kanyang buong bayan, at ang kanyang lupain; at iyong gagawin sa kanya ang gaya ng inyong ginawa 33
[514] - P&P TAG kay Sehon na hari ng mga Amorrheo, na tumahan sa Hesbon."

Ang matahimik na pananampalataya ng kanilang lider ay nagpasigla sa bayan sa pagtitiwala sa Dios. Ipinagkatiwala nila ang lahat sa Kanyang makapangyarihang mga bisig, at hindi Niya sila binigo. Walang makapangyarihang mga higante ni mga lungsod na may pader ang maaaring makatindig sa harap ng Prinsipe ng hukbo ng Panginoon. Pinangunahan ng Panginoon ang hukbo; nilito ng Panginoon ang mga kalaban; ang Panginoon ang nakipaglaban alang- alang sa Israel. Ang higanteng hari at ang kanyang hukbo ay napatay at pagdaka ay sinakop ng Israel ang buong bansa. Sa ganoong paraan ay napawi mula sa lupa ang kakaibang mga taong iyon na ibinigay ang kanilang mga sarili sa kasamaan at kasuklam-suklam na pagsam- ba sa diyus-diyusan.

Sa pagkakasakop sa Galaad at sa Basan marami ang makakaalaala sa pangyayari na apatnapung taon na ang nakalilipas, ay, sa Cades, nagpahamak sa Israel sa matagal na paglalagalag sa ilang. Kanilang nakita na ang ulat ng mga tiktik ay totoo sa maraming bahagi. Ang mga lungsod ay may pader at lubhang malalaki, at tinitirahan ng mga higante, na kung ihahambing doon ang mga Hebreo ay nagmu- mukhang mga pandak. Subalit kanila nang nakita ngayon ang nakamamatay na pagkakamali ng kanilang mga magulang sa hindi pagtitiwala sa kapangyarihan ng Dios. Ito lamang ang nakahadlang sa kanila upang kaagad mapasok ang mabuting lupain.

Nang unang pagkakataon na sila'y naghahandang pumasok sa Canaan, ang gawaing iyon ay may higit na kakaunting kahirapan kaysa ngayon. Nangako ang Dios sa Kanyang bayan na kung susundin ang Kanyang tinig Siya ay pupunta sa harap nila at makikipaglaban para sa kanila; at Siya rin ay magpapadala ng mga putakti upang palayasin ang mga naninirahan sa lupain. Ang takot ng mga bansa ay hindi pa nakikilos, at kaunti pang mga paghahanda ang nagagawa upang labanan ang kanilang pagsulong. Subalit nang ang Panginoon ay mag-utos na sumulong ang Israel, sila ay kinakailangang sumu- long laban sa mahusay at makapangyarihang mga kalaban,

at kinakailangang lumaban sa malalaki at sanay na mga hukbo na nag- handa para sa kanilang paglapit.

Sa kanilang pakikipaglaban kay Og at kay Sihon ang bayan ay inihatid sa pagsubok na doon ang kanilang mga magulang ay nahu- log. Subalit ang pagsubok ngayon ay higit pang matindi kaysa noong nag-utos ang Dios sa Israel na sila ay magpatuloy. Ang [515] mga kahirapan nila ay lubha nang dumami mula nang ang Israel ay sabihang magpatuloy sa ngalan ng Panginoon. Sa gano'ng paraan pa rin sinu- subok ng Dios ang Kanyang bayan. At kung hindi nila mapapa- nagumpayan ang pagsubok, ay Kanya muling dadalhin sila sa dakong iyon, at sa ikalawang pagkakataon ang pagsubok ay darating na malapit, at higit na matindi kaysa sa nauna. Ito ay ipinagpapatuloy hanggang sa kanilang malampasan ang pagsubok, o, kung sila ay mapanghimagsik pa rin, ay inaalis ng Dios ang Kanyang liwanag mula sa kanila, at sila'y iniiwan sa kadiliman.

Ngayon ay naalaala ng mga Hebreo na minsan noong una, nang ang kanilang mga puwersa ay nakipagdigma, sila ay natalo, at libu- libo ang napatay. Subalit sila noon ay lumabag sa ipinag-uutos ng Dios. Sila ay humayo na hindi kasama si Moises ang lider na itinala- ga ng Dios, wala ang haliging ulap, ang simbolo ng pakikiharap ng Dios, at wala ang kaban. Subalit ngayon si Moises ay kasama nila, pinalalakas ang kanilang mga puso sa pamamagitan ng mga salita ng pag-asa at ng pananampalataya; ang Anak ng Dios na nakatahan sa haliging ulap, ang nangunguna sa daan; at ang banal na kaban ay kasama ng hukbo. Ang karanasang ito ay mayroong liksyon para sa atin. Ang makapangyarihang Dios ng Israel ang ating Dios. Sa kani- ya ay maaari tayong magtiwala, at kung susundin natin ang kanyang mga ipinag-uutos Siya ay gagawa para sa atin sa isang kapansin- pansing paraan tulad sa ginawa Niya sa Kanyang bayan noong una. Ang bawat isang nagsisikap sumunod sa landas ng tungkulin minsan ay darating sa pag-aalinlangan at hindi pananampalataya. Minsan sila ay lubhang mahahadlangan ng mga suliranin, na tila hindi na malu- lutas, na anupa't makasisira ng loob noong mga nagbibigay daan sa pagkasira ng loob; subalit sinasabi ng Dios sa mga gayon, "Magpatuloy." Gawin mo ang iyong tungkulin ano man ang maging halaga noon. Ang mga kahirapan na tila hindi malulutas, na nagpupuno ng takot sa iyong kaluluwa, ay mawawala

samantalang ikaw ay nagpapatuloy sa landas ng pagsunod na may
[516] pagpapakumbabang nagtitiwala sa Dios.

# Kabanata 40—Balaam

Ang kabanatang ito ay batay sa Mga Bilang 22 hanggang 24.

Sa pagbalik sa Jordan mula sa pagkalupig sa Basan, ang mga Israelita, bilang paghahanda sa madaliang paglusob sa Canaan, ay nagkampo sa tabi ng ilog, sa itaas ng daan noon tungo sa Patay na Dagat, at sa kabila lamang ng kapatagan ng Jerico. Sila ay nasa mismong hangganan ng Moab, at ang mga Moabita ay napuno ng takot dahil sa kalapitan ng mga mananalakay.

Ang mga Moabita ay hindi pa ginagambala ng mga Israelita, gano'n pa man sila ay nagmasid na may pangamba sa lahat ng naganap sa mga kalapit nilang mga bansa. Ang mga Amorrheo, kung saan sila ay napilitang umatras, ay nadaig ng mga Hebreo, at ang teritoryo na kanilang nakuha mula sa mga Moabita ay nasa pag-aari na ngayon ng mga Israelita. Ang hukbo ng Basan ay sumuko sa mahiwagang kapangyarihan na nakakubli sa haliging ulap, at ang malalaking mga tanggulan ay nasasakop na ngayon ng mga Hebreo. Ang mga Moabita ay hindi nangahas na lumusob sa kanila; ang mamanhik sa pamamagitan ng sandata ay walang pag-asa sa harap ng kahimahimalang mga ahensya na gumagawa para sa kanila. Subalit sila ay nagpasya, tulad ng naging kapasyahan ni Faraon, na isangkot ang kapangyarihan ng panggagaway upang labanan ang kapangyarihan ng Dios. Sila ay maghahatid ng isang sumpa laban sa Israel.

Malapit ang relasyon ng mga Moabita sa mga Medianita, kapwa sa pagiging mga bansa at sa relihiyon. At si Balak, hari ng mga Moabita, ay nagbangon ng pangamba sa mga kaugnay na mga bayan, at kinuha ang kanilang pakikiisa sa kanyang mga panukala sa pamamagitan ng pahayag na, "Ngayon ay hihimuran ng karamihang ito yaong lahat na nasa palibot natin, gaya ng baka na humihimod sa damo sa parang." Si Balaam na isang naninirahan sa Mesopotamia, ay naiulat na mayroong pambihirang kapangyarihan, at ang kanyang katanyagan ay nakarating sa lupain ng Moab. Ipinasyang siya ay

tawagin upang tumulong sa kanila. Kaya't ang mga sugo, na mga
[517] "matanda sa Moab at ang mga matanda sa Madian", ay sinugo upang hilingin ang mga kapangyarihan at pang-eengkanto laban sa Israel.

Ang mga sugo ay kaagad humayo sa kanilang mahabang paglalakbay sa mga kabundukan at sa kabila ng mga disyerto, hanggang sa Mesopotamia; at nang si Balaam ay masumpungan, ay pinarating nila sa kanya ang pabalita ng kanilang hari: "Narito may isang bayan na lumabas mula sa Ehipto: narito, kanilang tinatakpan ang ibabaw ng lupa, at sila'y nangakatayo laban sa akin: Parito ka ngayon, isina- samo ko sa iyo, na sumpain mo sa akin ang bayang ito; sapagkat sila'y totoong makapangyarihan kay sa akin; marahil ako'y mananaig, na aming masasaktan sila, at akin silang mapapalayas sa lupain; sapagkat talastas ko na ang iyong pinagpapala ay mapalad at ang iyong sinusumpa ay mapapasama."

Si Balaam ay dating isang mabuting lalaki at propeta ng Dios; subalit siya ay tumalikod, at ibinigay ang kanyang sarili sa pag-iimbot; gano'n pa man siya ay nagpapanggap pa rin na isang lingkod ng kataas-taasan sa lahat. Hindi siya ignorante tungkol sa mga gawa ng Dios para sa Israel; at nang ipahayag ng mga sugo ang kanilang pakay, alam na alam niya na tungkulin niya ang tumanggi sa mga kaloob ni Balak, at pauwiin ang mga sugo. Subalit siya ay nangahas makipagsubukan sa tukso, at pinilit niyang ang mga sugo ay manati- ling kasama niya sa gabing iyon, at sinabi niyang siya ay hindi maka- pagbibigay ng isang tiyak na kasagutan hanggang hindi niya nata- tanong ang payo ng Panginoon. Alam ni Balaam na ang kanyang sumpa ay hindi makaaapekto sa Israel. Ang Dios ay nasa kanilang panig, at hanggang sila ay nagtatapat sa Kanya, ay walang anomang kalabang kapangyarihan sa lupa o sa impiyerno ang makapananaig sa kanila. Subalit ang kanyang kapalaluan ay nalangisan ng pananalita ng mga sugo na, "Ang iyong pinagpapala ay mapalad at ang iyong sinusumpa ay mapapasama." Ang suhol na mamahaling mga kaloob at posibleng pagkataas ay pumukaw sa kanyang pagkamaimbot. May buong pag-iimbot niyang tinanggap ang alok na mga kayamanan, at, samantalang nagpapanggap na mahigpit na sinusunod ang kalooban ng Dios, sinikap niyang sumang-ayon sa mga ninanasa ni Balak.

Nang kinagabihan ang anghel ng Dios ay dumating kay Balaam, na may balitang, "Huwag kang paroroong kasama nila; huwag mong susumpain ang bayan: sapagkat sila'y pinagpala."

Kinaumagahan, ay may pag-aatubiling pinaalis ni Balaam ang mga sugo, subalit hindi niya sinabi sa kanila kung ano ang sinabi ng Panginoon. Galit sapagkat ang kanyang pangarap na pakinabang [518] at karangalan ay biglang nawala, may init ang ulo niyang sinabi, "Yu- maon kayo sa inyong lupain: sapagkat ipinagkait ng Panginoon ang pahintulot na ako'y pumaroong kasama ninyo."

Si Balaam ay "nag-ibig ng kabayaran ng gawang masama." 2 Pedro 2:15. Ang kasalanan ng pagiging mapag-imbot na inihayag ng Dios na isang pagsamba sa diyus-diyusan, ang dahilan upang siya ay maging tagapaglingkod ng panahon, at sa pamamagitan ng isang kama- liang ito, si Satanas ay nagkaroon ng buong kontrol sa kanya. Ito ang dahilan ng kanyang pagkapahamak. Ang manunukso ay parating nag- hahayag ng makamundong pakinabang at karangalan upang ihiwalay ang tao sa paglilingkod sa Dios. Sinasabi niya sa kanila na ang dahilan ng kanilang hindi pag-unlad ay ang labis nilang pagkamasunurin. Kaya't marami ang naaakit magsapalarang lumabas sa landas ng ma- higpit na katapatan. Ang isang maling hakbang ay nagpapadali sa kasunod, at ang mga iyon ay naging higit at higit na malakas ang loob. May lakas ang loob na kanilang gagawin ang pinaka teribleng mga bagay minsang maipagkaloob nila ang kanilang sarili upang makontrol ng pag-iimbot at pagnanasa sa kapangyarihan. Marami ang dinadaya ang kanilang sarili na sila'y makahihiwalay muna sa mahigpit na pagtatapat sa ilang panahon, para lamang sa ilang maka- mundong kalamangan, at kapag nakamtan na ang kanilang nilalayon, ay makapagbabago sila ng landas kung kanilang nanaisin. Ang mga iyon ay ipinasisilo ang kanilang sarili sa mga patibong ni Satanas, at bihira lamang ang sila ay nakawawala.

Nang iulat ng mga sugo kay Balak ang pagtanggi ng propeta na sumama sa kanila, hindi nila inisip na siya ay binawalan ng Dios. Sa pag-aakalang ang pag-aatubili ni Balaam ay upang magkaroon ng higit pang kaloob, ang hari ay nagsugo ng mga prinsipe na mas marami ang bilang at higit na mararangal kaysa sa mga nauna, na may pangakong ibayo pang mga karangalan, at kapahintulutang sumang-ayon sa anumang kondisyon na hihilingin ni Balaam. Ang

apurahang pabalita ng hari kay Balaam ay, "Isinasamo ko sa iyo, na ang ano mang bagay ay huwag mong tulutan na makaabala sa iyo sa pagparito mo sa akin: sapagkat ikaw ay aking papupurihan ng mga dakilang karangalan, at anomang sabihin mo sa akin ay gagawin ko: parito ka nga, isinasamo ko sa iyo, na sumpain mo sa akin ang
[519] bayang ito."

Sa muli si Balaam ay nasubok. Bilang tugon sa pakiusap ng mga kinatawan, siya ay nagpanggap ng mahigpit na pagkamasunurin at katapatan, tinitiyak sa kanila na walang anomang halaga ng ginto o pilak ang maaaring makahimok sa kanya na lumabag sa kalooban ng Dios. Subalit nais niyang sumunod sa kahilingan ng hari; at bagaman ang kalooban ng Dios ay malinaw nang naipahayag sa kanya, pinilit niya ang mga sugo na manatili, upang muli pa siyang makapag- tanong sa Dios; na parang ang Walang Hanggan ay isang tao na maaaring pakiusapan.

Nang kinagabihan, ang Panginoon ay nagpahayag kay Balaam, at nagsabi, "Kung ang mga taong iyan ay nagsiparito, upang tawagin ka at bumangon ka, sumama ka sa kanila; ngunit ang salita lamang na Aking sasalitain sa iyo, ay siya mong gagawin." Hanggang doon pahihintulutan ng Panginoon si Balaam na sumunod sa sarili niyang kalooban, sapagkat siya ay disidido doon. Hindi niya sinikap tuparin ang kalooban ng Dios, sa halip ay pinili ang sarili niyang landas, at sinikap makuha ang pagsang-ayon ng Panginoon.

Mayroong libu-libo ngayon na nasa sa gano'n ding landas. Hindi sila magkakaroon ng kahirapang malaman ang kanilang tungkulin kung iyon ay katugma ng sarili nilang kinahihiligan. Iyon ay malinaw nang naiharap sa kanila sa Biblia, o malinaw nang ipinabatid ng mga pangyayari at kaisipan. Subalit sapagkat ang mga iyon ay labag sa kanilang mga ninanasa at kinahihiligan, malimit nilang isinasaisang tabi iyon, at sinasamantala nilang lumapit sa Dios upang malaman ang Kanyang kalooban. May malaki at hayagang pagkamasunurin, sila ay nananalangin ng mahaba at taimtim na dalangin para sa liwa- nag. Subalit ang Dios ay hindi nagpapaloko. Kalimitan ay pinahihin- tulutan Niya ang ganoong mga tao na sundin ang sarili nilang nasa, at pagdusahan ang bunga noon. "Ngunit hindi nakinig sa Aking tinig ang bayan Ko.... Sa gayo'y Aking pinasunod sa pagmamatigas ng kanilang puso, upang sila'y makalakad sa kanilang sariling mga payo." Mga Awit 81:11, 12. Kapag nakikita ng isa

ang isang tungkulin, huwag niyang akalaing makalalapit sa Dios sa dalangin upang hindi na niya isakatuparan iyon. Sa halip, ay kinakailangan niyang, may pagpapakumbaba, at masunuring espiritu, na humiling ng lakas at karunungan ng Dios upang matugunan ang mga pangangailangan noon.

Ang mga Moabita ay isang mababa at bayang mapagsamba sa mga diyus-diyusan; gano'n pa man ayon sa liwanag na kanilang [520]
natang- gap, ang kanilang kasalanan ay hindi pa lubhang malaki sa paningin ng langit kaysa sa kasalanan ni Balaam. Sapagkat siya ay nagpapanggap na propeta ng Dios, ang lahat niyang sabihin ay inaakalang sinabi dahil sa kapangyarihan ng Dios. Kaya't hindi siya dapat mag- salita nang ayon lamang sa kanyang sarili, sa halip ay maghatid ng pabalitang ibinibigay sa kanya ng Dios. "Ang salita lamang na Aking sasalitain sa iyo, ay siya mong gagawin," ang utos ng Dios.

Si Balaam ay tumanggap ng pahintulot na sumama sa mga sugo kung sila ay darating sa umaga upang tawagin siya. Subalit sa pagkabagot sa kanyang pag-aatubili at umaasang sila ay muling tatanggihan, sila ay humayo na sa kanilang pag-uwi, na hindi na siya kinausap pa. Ang lahat ng dahilan upang sumang-ayon sa kahilingan ni Balak ay naalis na. Subalit si Balaam ay nagpasyang kamtan ang gantimpala; at pagkakuha sa hayop na kanyang sinasakyan, siya ay humayo sa kanyang paglalakbay. Siya ay nangangamba ngayon na maging ang pahintulot ng Dios ay maiurong, at siya ay may kasabikang sumulong, hindi mapalagay baka sa anomang dahilan ay hindi niya makamtan ang ninanasang gantimpala.

Subalit "ang anghel ng Panginoon ay lumagay sa daan na pinakakalaban niya." Nakita ng hayop ang sugo ng Dios, na hindi nakikita ng lalaki, kaya't iyon ay lumihis mula sa daan tungo sa bukid. Sa pamamagitan ng malulupit na mga hampas, ay pinabalik ni Balaam ang asno sa kanyang landas; subalit sa muli, sa isang makipot na daan na sa loob ng mga pader, ang anghel ay napakita, ang hayop, sa pagsisikap na makaiwas sa gumagambalang anyo, ay naipit ang paa ng kanyang panginoon sa pader. Hindi ni Balaam nakikita ang maka- langit na paghadlang at hindi niya alam na hinaharangan ng Dios ang kanyang landas. Ang lalaki ay lubhang nayamot, at samantalang pinapalo ang hayop ng walang kahabag-habag, ay pinilit niya iyong magpatuloy.

At muli, “sa isang makipot na dako na walang daan lilikuan kahit sa kanan ni sa kaliwa,” ang anghel ay nagpakita, tulad ng sa una, sa paraang nagbabanta; at ang kawawang hayop, nanginginig sa takot, ay huminto, at nalugmok sa lupa sa ilalim ng nakasakay sa kanya. Ang galit ni Balaam ay umalpas at sa pamamagitan ng kanyang tungkod ay hinampas niya ang hayop nang mas malupit pa kaysa sa nauna. Binuksan ngayon ng Dios ang bibig niyaon, at
[521] sa pamamagi- tan ng “isang asnong pipi ay nangusap ng tinig ng tao,” Kanyang “pinigil ang kaululan ng propeta.” 2 Pedro 2:16. “Ano ang ginawa ko sa iyo,” wika niyaon, “na ako’y pinalo mo nitong makaitlo?”

Sa tindi ng galit sa gano’ng pagkahadlang sa kanyang paglalakbay, ay sinagot ni Balaam ang hayop na parang sumasagot sa isang ma- talinong nilalang—“Sapagkat tinuya mo ako: mayroon sana ako sa aking kamay na isang tabak, pinatay disin kita ngayon.” Narito ang isang nagpapanggap na mahiko, nasa paghayo upang sumpain ang isang bansa na ang layunin ay paralisahin ang kanilang lakas, na wala man lamang kapangyarihan na mapatay ang hayop na kanyang sina- sakyan!

Ngayon ay nabuksan ang mga mata ni Balaam, at nakita ang anghel na nakatayo na may tabak na handang pumatay sa kanya. Sa takot, “kanyang iniyukod ang kanyang ulo, at nagpatirapa.” Wika ng anghel sa kanya, “Bakit mo pinalo ang iyong asno nitong makaitlo? Narito, Ako’y naparito na pinakakalaban, sapagkat ang iyong lakad ay masama sa harap ko: at nakita ako ng asno, at lumiko sa harap ko nitong makaitlo: kundi siya lumihis sa harap ko, ay tunay na ngayon ay napatay kita, at nailigtas ang kanyang buhay.”

Utang ni Balaam ang pagkaligtas ng kanyang buhay sa kawawang hayop na malupit niyang pinakitunguhan. Ang lalaki na nag-aang- king isang propeta ng Panginoon, na nagsabing “napikit ang kanyang mga mata,” at siyang “nakakita ng pangitain ng Makapangyarihan sa lahat,” ay binulag ng gano’n na lamang ng pagkamaimbot at hangarin, kung kaya’t hindi niya makita ang anghel ng Dios na nakikita ng hayop. “Binulag ng diyos ng sanglibutang ito ang mga pag-iisip ng mga hindi nagsisisampalataya.” 2 Corinto 4:4. Ilan ang bulag sa gano’ng dahilan! Sila ay nagtutumulin sa mga ipinagbabawal na mga landas, sinasalansang ang utos ng Dios, at hindi nakikita na ang Dios at ang Kanyang mga anghel ay laban sa

kanila. Tulad ni Balaam sila ay galit doon sa mga humahadlang sa kanilang kapahamakan.

Si Balaam ay nagbigay ng katibayan ng uri ng espiritu na nangunguna sa kanya, sa pamamagitan ng kanyang pakikitungo sa hayop. “Ang matuwid ay nagpapakundangan sa buhay ng kanyang hayop: ngunit ang mga kaawaan ng masama ay mabagsik.” Kawikaan 12:10. Kakaunti ang nakababatid sa dapat nilang mabatid na pagkamaka- salanan ng kalupitan sa mga hayop o ng pag-iwan sa mga iyon upang magdusa sa pagpapabaya. Siya na lumalang sa tao ay Siya [522] ring luma- lang sa nakabababang mga hayop, “at ang Kanyang mga malumanay na kaawaan ay nasa lahat Niyang mga gawa.” Mga Awit 145:9. Ang mga hayop ay nilikha upang paglingkuran ang tao, subalit siya ay walang karapatan na ang mga iyon ay saktan sa pamamagitan ng kalupitan o kabagsikan.

Dahil sa kasalanan ng tao “ang buong nilalang ay humihibik at nagdaramdam na may kahirapan.” Roma 8:22. Kung kaya’t nagka- roon ng kahirapan at kamatayan, hindi lamang sa sangkatauhan, kundi pati sa mga hayop. Tiyak, nga na nagiging marapat lamang sa tao na sikaping mabawasan, sa halip na madagdagan, ang bigat ng kahirapan na inihatid ng kanyang pagsalangsang sa mga nilikha ng Dios. Siya na magmamalupit sa mga hayop sapagkat ang mga iyon ay nasa ilalim ng kanyang kapangyarihan, ay kapwa isang duwag at isang malupit na panginoon. Ang pananakit, ito man ay sa kapwa tao o sa mga walang isip na nilikha, ay ugali ni Satanas. Marami ang hindi nakababatid na ang kanilang kalupitan ay mahahayag, sapagkat ang mga iyon ay hindi maihahayag ng mga piping hayop. Subalit

ang mga mata ng mga taong ito ay mabubuksan, tulad ni Balaam, ay makikita nila ang anghel ng Dios na nakatindig bilang saksi, na magpapatotoo laban sa kanila sa hukuman sa langit. Isang tala ang pumapanhik sa langit, at ang araw ay darating kung kailan ang hatol ay ipapataw doon sa mga nagmalupit sa mga nilikha ng Dios.

Nang kanyang makita ang sugo ng Dios, si Balaam ay sumigaw sa takot, “Ako’y nagkasala; sapagkat hindi ko nalalamang ikaw ay na- katayo sa daan laban sa akin: ngayon nga, kung inaakala mong masama, ay babalik ako uli.” Siya ay pinahintulutan ng Panginoong magpatuloy sa kanyang lakad, subalit ipinaunawa sa kanya na ang mga salita niya ay pangungunahan ng kapangyarihan ng Dios. Patu-

tuna- yan ng Dios sa Moab na ang mga Hebreo ay nasa ilalim ng panga- ngalaga ng langit, at ito nga ang Kanyang pinatunayan ng ipakita Niya na si Balaam ay hindi man lamang makabigkas ng sumpa laban sa kanila na walang pahintulot ng Dios.

Ang hari ng Moab, nang masabihan na si Balaam ay dumarating, ay lumabas na maraming kasama sa mga hangganan ng kanyang kaharian, upang siya ay salubungin. Nang kanyang banggitin ang
[523] kanyang pagtataka sa pag-aatubili ni Balaam, sa kabila ng maraming mga kaloob ang naghihintay sa kanya, ang sagot ng propeta ay, "Narito, ako'y naparito sa iyo: mayroon ba ako ngayong anomang kapangyarihan na makapagsalita ng anomang bagay? ang salitang ilagay ng Dios sa aking bibig, yaon ang aking sasalitain." Lubos na pinanghinayangan ni Balaam ang paghihigpit na ito; nangamba siyang hindi niya makakamtan ang kanyang hangarin, sapagkat ang nangangasiwang kapangyarihan ng Dios ay sumasa kanya.

May dakilang karilagan si Balaam ay isinama ang hari, kasama ang may matataas na tungkulin sa kanyang kaharian, sa "mga matataas na dako ni Baal," kung saan ang hukbo ng mga Hebreo ay maaari niyang matanaw. Narito ang propeta samantalang siya ay nakatayo sa mataas na dako, natatanaw sa ibaba ang kampamento ng piniling bayan ng Dios! Hindi gaanong nalalaman ng mga Israelita ang naga- ganap sa dakong napakalapit sa kanila! Hindi nila gaanong nababatid ang pangangalaga ng Dios, na ipinaabot sa kanila sa araw at sa gabi! Kay manhid ng bayan ng Dios! Kay bagal nila, sa bawat panahon, sa pag-unawa sa Kanyang dakilang pag-ibig at kaawaan! Kung nababatid nila ang kahanga-hangang kapangyarihan ng Dios na walang patid na ginagamit para sa kanila, hindi kaya mapuno ng pagpa- pasalamat ang kanilang mga puso dahil sa Kanyang pagmamahal, at mamangha kapag naiisip ang karilagan at ang Kanyang kapangyarihan?

Si Balaam ay may ilang kaalaman tungkol sa pag-aalay ng mga Hebreo ng sakripisyo, at siya ay umasa na sa pamamagitan ng pag- bibigay ng higit na mga kaloob, ay maaari niyang makamtan ang pagpapala ng Dios, at makatiyak sa tagumpay ng kanyang makasalanang proyekto. Gano'n nagkakaroon ng kontrol sa kanyang pag-iisip ang mga ninanais ng mga Moabitang hindi kumikilala sa Dios. Ang kanyang karunungan ay naging kamangmangan; ang kanyang espirituwal na paningin ay lumabo; binulag niya ang

kanyang sarili sa pamamagitan ng pagpapailalim sa kapangyarihan ni Satanas.

Sa pag-uutos ni Balaam, pitong dambana ang itinayo, at siya ay nag-alay ng isang hain sa bawat isa noon. Matapos iyon siya ay bumukod sa isang "mataas na dako", upang makipagtagpo sa Dios, nangangakong ipaalam kay Balak ano man ang ipahayag ng Panginoon.

Kasama ang mga maharlika at mga prinsipe ng Moab, ang hari ay tumindig sa tabi ng sakripisyo, samantalang sa paligid nila ay
natipon ang nananabik na karamihan, binabantayan ang pagbalik [524]
ng propeta. Sa wakas siya ay dumating, at ang mga tao ay naghintay para sa mga salita na pangwalanghanggang magpapahina sa mahiwagang kapangyarihan na kumikilos para sa mga Israelita na kanilang kinayayamu- tan. Wika ni Balaam:

"Mula sa Aram ay dinala ako rito ni Balak, niyang hari sa Moab,

Mula sa mga bundok ng silangan,
Parito ka, sumpain mo sa akin ang Jacob,
At parito ka, laitin mo ang Israel.
Paanong aking susumpain ang hindi sinumpa ng Dios?
At paanong aking lalaitin ang hindi nilait ng Panginoon?
Sapagkat mula sa taluktok ng mga bato ay aking nakikita siya,
At mula sa mga burol ay akin siyang natatanawan:
Narito, sila'y isang bayang tatahang mag-isa,
At hindi ibinibilang sa gitna ng mga bansa.
Sinong makabibilang ng alabok ng Jacob,
O ng bilang ng ikaapat na bahagi ng Israel?
Mamatay nawa ako ng kamatayan ng matuwid,
At ang aking wakas ay maging gawa nawa ng kanya!"

Ipinagtapat ni Balaam na siya ay nagsadya upang ang Israel ay sumpain, subalit ang mga salita na kanyang binigkas ay hindi ayon sa nilalaman ng kanyang puso. Siya ay napilitang bigkasin ang mga pagpapala, samantalang ang kanyang kaluluwa ay puno ng mga sumpa.

Samantalang tinitingnan ni Balaam ang kampamento ng Israel, nakita niya sa pagkamangha ang katibayan ng kanilang pagsagana.

Sila ay ipinakilala sa kanya na mga bastos, at mga taong walang kaayusan, na nananalanta sa bansa na nakakalat na mga pulutong at isang salot at kinatatakutan ng mga kalapit na mga bansa; subalit ang nakikita sa kanila ay ang kabaliktaran ng lahat ng ito. Nakita niya ang malawak na hangganan at ganap na kaayusan ng kanilang kampamento, ang lahat ay nagtataglay ng tanda ng pagkakaroon ng di- siplina at kaayusan. Ipinakita sa kanya ang malmgod na pakikitungo ng Dios sa Israel, at ang kanilang katangian bilang kanyang piniling bayan. Sila ay hindi titindig na kapantay ng ibang mga bansa, sa halip ay matatanyag na higit sa kanilang lahat. "Siya'y isang bayang tatahang mag-isa, at hindi ibibilang sa gitna ng mga bansa." Noong ang mga salitang ito ay bigkasin, ang mga Israelita ay wala pang permanenteng tirahan, at ang kanilang natatanging
[525] likas ang kani- lang mga kilos at ang kanilang mga ugali, ay hindi pa alam ni Balaam. Subalit gano'n na lamang ang naging katuparan ng hulang ito sa naging kasaysayan ng Israel! Sa lahat ng mga taon ng kanilang pagkabihag, sa lahat ng mga taon mula ng sila ay mangalat sa mga bansa, sila ay nanatiling isang natatanging mga tao. Gano'n din na- man ang bayan ng Dios—ang tunay na Israel—bagaman nakakalat sa lahat ng mga bansa, ay pawang mga manlalakbay sa lupa, na ang pagkamamamayan ay sa langit.

Hindi lamang ipinakita kay Balaam ang kasaysayan ng bayan ng Dios, nakita rin niya ang paglago at pag-unlad ng tunay na Israel ng Dios hanggang sa wakas ng kasaysayan. Nakita niya ang natatanging pakikitungo ng Kataas-taasan doon sa mga umiibig at may pagkatakot sa Kanya. Nakita niya silang inaalalayan ng Kanyang bisig samantalang sila ay pumapasok sa madilim na libis ng lilim ng kamatayan. At nakita niya silang bumabangon mula sa libingan, may putong ng kaluwalhatian, karangalan, at buhay na walang hanggan. Nakita niya ang mga tinubos na nagagalak sa hindi kumukupas na kaluwalhatian ng bagong lupa. Samantalang pinagmamasdan ang pangitain, ay kanyang sinabi, "Sinong makabibilang ng alabok ni Jacob, o ng bilang ng ikaapat na bahagi ng Israel?" At nakita niya ang korona ng kaluwalhatian sa bawat kilay, ang kagalakang nagniningning sa bawat isa, at nakita ang hinaharap na walang hanggang buhay na may dalisay na kaligayahan, at wika niya sa isang taimtim na dalangin, "Mamatay nawa ako ng kamatayan ng matuwid, at ang aking wakas ay maging gaya nawa ng kanya!"

Kung si Balaam lamang ay nagkaroon ng disposisyon na tanggapin ang liwanag na ipinagkaloob ng Dios, siya sana ay naging tapat sa kanyang mga salita; kaagad niya sanang pinutol ang lahat niyang kaugnayan sa Moab. Hindi na sana niya binaliwala ang kaawaan ng Dios, sa halip ay nanumbalik sa kanya ng may taimtim na pagsisisi. Subalit inibig ni Balaam ang kabayaran ng kasalanan, at ito ang ipinagpasya niyang makamtan.

Si Balak ay lubos na umasang isang sumpa ang mahuhulog sa Israel na parang pampabulok; at sa mga salita ng propeta ay may galit niyang sinabi, "Anong ginawa mo sa akin? Ipinagsama kita upang sumpain mo ang aking kaaway, at narito, iyong pinagpala silang totoo." Upang makapag dahilan sa nangyari, si Balaam ay nagkunwaring nagsalita ayon sa sinasadyang pagpapahalaga sa kaloo- ban [526] ng Dios na inilagay ng kapangyarihan ng Dios sa kanyang mga labi. Ang kanyang sagot ay, "Hindi ba nararapat na aking pag-inga- tang salitain yaong isinasa bibig ko ng Panginoon?"

Si Balak rin ay hindi na ngayon makatalikod sa kanyang hangarin. Inisip niya na ang marilag na tanawing inihahayag ng malawak na kampamento ng mga Hebreo, ang nakagulat kay Balaam kung kaya't hindi niya nagawang manghula ng masama laban sa kanila. Ipinasya ng hari na si Balaam ay dalhin sa isang lugar na kung saan ang maliit na bahagi lamang ng kampamento ang makikita. Kung si Balaam ay mahihimok na sumpain sila sa maliit na bahagi, pagdaka ang buong kampamento ay mahuhulog sa kapahamakan. Sa itaas ng isang dako na kung tawagin ay Pisga, isa pang muling pagsubok ang naganap. Pitong mga altar muli ang itinayo, kung saan ang mga handog tulad sa nauna ay inilagay. Ang hari at ang kanyang mga prinsipe ay nai- wan sa tabi ng mga hain, samantalang si Balaam ay humiwalay upang makipagtagpo sa Dios. At muli ang propeta ay pinagkalooban ng isang pabalitang mula sa Dios na hindi niya maaaring baguhin o kimkimin.

Nang siya ay magpakita sa mga nananabik, at naghihintay na pulu- tong, siya ay tinanong, "Anong sinalita ng Panginoon?" Ang sagot, tulad ng nauna, ay naghatid ng takot sa puso ng hari at ng mga prinsipe:

> "Ang Dios ay hindi tao na magsisinungaling,
> Ni anak ng tao na magsisisi:

Sinabi ba Niya at hindi Niya gagawin?<br>
    O sinalita ba Niya, at hindi Niya isasagawa?<br>
Narito, Ako'y tumanggap ng utos na magpala:<br>
    At Kanyang pinagpala, at hindi ko na mababago.<br>
Wala Siyang nakitang kasamaan sa Jacob.<br>
    Ni wala Siyang nakitang kasamaan sa Israel:<br>
Ang Panginoon niyang Dios ay sumasakanya,<br>
    At ang sigaw ng hari ay nasa gitna nila."

Sa pagkamangha sa mga pagpapahayag na ito, si Balaam ay
nagsa- bi, "Tunay na walang engkanto laban sa Jacob; ni panghuhula
laban sa Israel." Sinubukan ng dakilang mahiko ang kanyang ka-
pangyarihan sa pang-eengkanto, ayon sa ninanais ng mga Moabita;
subalit tungkol sa pangyayaring ito ay masasabi sa Israel, "Anong
[527] ginawa ng Dios!" Samantalang sila ay nasa ilalim ng pag-iingat
[528] ng Dios, walang sinumang tao o bansa, kahit na tinutulungan ng
kapangyarihan ni Satanas, ang maaaring makapanaig laban sa kanila.
[529] Ang buong daigdig ay hahanga sa kamangha-manghang mga gawa
ng Dios para sa Kanyang bayan, na ang isang taong determinado sa
pagsasakatuparan ng isang makasalanang gawain, ay mapasa ilalim
ng kapangyarihan ng Dios upang magsalita, sa halip ng mga sumpa,
ay ng pinakamaya- man at pinakamahalagang mga pangako, sa wika
ng pinakamahusay at pinaka taimtim na tula. At ang kaluguran ng
Dios sa panahong ito na ipinahayag sa Israel, ay magiging isang
katiyakan ng Kanyang nag-iingat na pangangalaga sa Kanyang mga
masunurin at mga tapat na anak sa lahat ng kapanahunan. Kung ang
masasamang tao ay kikilusin ni Satanas upang magsabi ng hindi
totoo, manakit at manira sa bayan ng Dios, ang pangyayaring ito ay
ipapaalaala sa kanila, at magpapalakas ng kanilang katapangan at
ng kanilang pananampalataya sa Dios.

Ang hari ng Moab, nasiraan ng loob at nababahala, ay nagwika, "Ni huwag mo silang pakasumpain ni pakapagpalain." Gano'n pa man ay may nalalabi pang maliit na pag-asa sa kanyang puso, at ipinasya niyang sumubok pang muli. Ngayon ay isinama niya si Balaam sa bundok ng Peor, kung saan mayroong templong nakatala- ga sa malaswang pagsamba kay Baal, na kanilang diyos. Dito ay nagtayo muli ng mga altar na sindami ng itinayo sa dati, at gano'n din karaming hain ang inihandog; subali't si Balaam ay hindi na

humiwalay na nag-iisa, tulad ng dati, upang alamin ang kalooban ng Dios, hindi siya nagpanggap ng pang-eengkanto, sa halip ay samantalang nakatayo sa piling ng dambana, siya ay tumingin sa malayo, sa mga tolda ni Israel. At muli ang espiritu ng Dios ay suma kanya, at ang balitang mula sa Dios ay lumabas mula sa kanyang mga labi:

> "Pagka iinam ng iyong mga tolda, Oh Jacob,
> Ang iyong mga tabernakulo, Oh Israel!
> Gaya ng mga libis na nalalatag, gaya ng mga halamanan sa tabi ng ilog,
> Gaya ng linaloes na itinanim ng Panginoon, gaya ng mga puno ng sedro sa siping ng tubig.
> Tubig ay aagos mula sa kanyang pang-igib, at ang kanyang binhi ay matatag sa maraming tubig,
> At ang kanyang Hari ay tataas ng higit kay Agag, at ang kanyang kaharian ay mababantog....

[530]

> Siya'y yumuko, siya'y lumugmok na parang leon, at parang isang leong ba bae; sinong gigising sa kanya?
> Pagpalain nawa yaong lahat na nagpapala sa iyo, at sumpain yaong lahat na sumusumpa sa iyo."

Ang pag-unlad ng bayan ng Dios ay inihahayag dito ng ilan sa pinakamagandang paglalarawan na maaaring masumpungan sa kalikasan. Ang Israel ay inihalintulad ng propeta sa mayamang mga libis na puno ng masaganang mga ani; matabang mga halamanan na napatutubigan ng mga bukal na hindi natutuyuan; mga mabangong punong-kahoy at matataas na mga sedro. Ang paglalarawan na huling nabanggit ang may pinakamaganda at pinakaangkop na masusumpungan sa Banal na Kasulatan. Ang sedro ng Libano ay pinararangalan ng lahat ng mga tao sa Silangan. Ang uri ng mga punong kahoy na kinabibilangan noon ay nasusumpungan sa lahat ng dakong nararating ng tao. Mula sa mga rehiyong arctica hanggang sa mga dakong tropico sila ay lumalago, nagagalak sa initan, gano'n pa man ay matapang na humaharap sa kalamigan; sumisibol sa mga kayamanan ng mga tabi ng ilog, at nagtataasan sa mga tuyo at uhaw na mga ilang.

Ibinabaon nila ang kanilang mga ugat sa ilalim na batuhan ng mga bundok, at lantarang tumitindig laban sa bagyo. Ang kanilang mga dahon ay sariwa at luntian samantalang ang lahat ay nangalagas na sa paghihip ng taglamig. Higit sa lahat ng mga punong-kahoy ang sedro ng Libano ay naiiba dahil sa lakas, katigasan, at katagalang mabulok; at ito ay ginagamit na simbolo noong ang buhay ay "natatagong kasama ni Kristo sa Dios." Colosas 3:3. Wika ng Kasulatan, "Ang matuwid ay...tutubo na parang sedro." Mga Awit 92:12. Ang sedro ay ilang ulit na ginamit bilang simbolo ng pagkamakahari sa kagubatan. "Ang mga puno ng abeto ay hindi gaya ng kanyang mga sanga" (Ezekiel 31:8); ni may anumang punong-kahoy sa halamanan ng Dios. Ang sedro ay paulit-ulit na sinasabi na ito ay sagisag ng malahari, at ang paggamit nito sa Banal na Kasulatan upang kumatawan sa mga matuwid ay nagpapakita ng kung paanong kinikilala ng Langit yaong mga tumutupad sa kalooban ng Dios.

Inihula ni Balaam na ang hari ng Israel ay magiging higit na dakila at makapangyarihan kaysa kay Agag. Ito ang pangalan na ibinigay sa mga hari ng mga Amalekita, na sa mga panahong iyon ay isang lubhang makapangyarihang bansa; subalit ang Israel, kung
[531] magiging tapat sa Dios, ay makadadaig sa lahat niyang mga kalaban. Ang hari ng Israel ay ang Anak ng Dios; at ang Kanyang luklukan balang araw ay itatatag sa lupa, at ang Kanyang kapangyarihan ay itataas sa lahat ng mga kapangyarihan sa lupa.

Samantalang kanyang pinakikinggan ang mga salita ng propeta, si Balak ay nadaig ng nabigong pag-asa, ng takot at ng galit. Siya ay galit sapagkat dapat sana ay binigyan man lamang siya ni Balaam ng isang pahayag na nakapagpasigla, nang ang lahat ay nakatalagang laban sa kanya. Minura niya ang mapangahas at madayang gawain ng propeta. May galit na sinabi ng hari, "Ngayon nga ay tumakas ka sa iyong sariling dako: aking inisip na itaas kita sa dakilang karangalan; ngunit, narito, pinigil ka ng Panginoon sa karangalan." Ang sagot ay ang babalang ibinigay sa hari na si Balaam ay makapagsasali- ta lamang ng pahayag na ibinigay sa kanya mula sa Dios.

Bago umuwi sa kanyang bayan, si Balaam ay bumigkas ng pinakama- ganda at pinakadalisay na hula tungkol sa Tagapagtubos ng sanlibu- tan, at sa huling pagkapahamak ng mga kaaway ng Dios:

"Aking makikita Siya, ngunit hindi ngayon: aking mapagmamasdan Siya, ngunit hindi malapit:
Lalabas ang isang bituin sa Jacob, at may isang Setro na lilitaw sa Israel,
At sasaktan ang mga sulok ng Moab, at lilipulin ang lahat ng mga anak ng Kaguluhan."

At siya ay nagtapos sa pagpapahayag ng ganap na pagkawasak ng Moab at ng Edom, ng Amalek at ng mga Kenita, kaya't nag-iiwan ng walang anumang sinag ng pag-asa.

Bigo sa kanyang inasahang kayamanan at pagkataas, dahil sa hindi pagkalugod ng hari, at batid na siya ay nakagawa ng ikagagalit ng Dios, si Balaam ay umuwi mula sa kanyang sariling piniling misyon. Nang siya ay makarating sa kanyang tahanan, ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu na kumilos sa kanya ay umalis, at ang kanyang kasakiman, na pangsamantalang napigilan, ang siyang nangibabaw. Siya ay handa na upang gawin ang anumang paraan makamtan lamang ang gantimpalang ipinangako ni Balak. Alam ni Balaam na ang pag-unlad ng Israel ay nakasalalay sa kanilang pagiging masunurin sa Dios, at walang ano mang paraan upang sila ay mapabagsak liban lamang sa ang sila ay maakit sa paggawa ng kasalanan. Kanya ngayong ipinasya na kamtan ang kaluguran ni [532]
Balak sa pamamagitan ng pag- papayo sa mga Moabita sa panukala na kanilang isasagawa upang makapaghatid ng sumpa laban sa Israel.

Kaagad siyang bumalik sa lupain ng Moab, at iniharap ang kanyang mga panukala sa hari. Ang mga Moabita mismo ay naniwala na samantalang ang Israel ay nananatiling tapat sa Dios, Siya ay magiging kanilang pananggalang. Ang panukalang iminungkahi ni Balaam ay ang sila ay ihiwalay mula sa Dios sa pamamagitan ng pag- akay sa kanila sa pagsamba sa diyus-diyusan. Kung sila ay mahi- himok makilahok sa malaswang pagsamba kay Baal at kay Astarot, ang kanilang Makapangyarihan sa lahat na Tagapagtanggol ay magiging kanilang kalaban, at pagdaka sila ay mangahuhulog na mga huli ng mababangis, at mapagdigmang mga bansa sa palibot nila. Ang panukalang ito ay kaagad tinanggap ng hari, at si Balaam ay nanatili upang tumulong sa pagsasakatuparan noon.

Nasaksihan ni Balaam ang pagtatagumpay ng kanyang maypagka demonyong panukala. Nakita niya ang sumpa ng Dios na sumapit sa Kanyang bayan, at libu-libo ang nangahuhulog sa Kanyang mga hatol; subalit ang katarungan ng Dios na nagparusa sa kasalanan sa Israel, ay hindi nagpahintulot na malampasan ang mga manunukso upang makatakas. Sa pakikipagdigma ng Israel laban sa mga Medianita, si Balaam ay napatay. Nakadama siya ng pangamba na ang kanyang sariling kawakasan ay malapit na nang kanyang sabihin, "Mamatay nawa ako ng kamatayan ng matuwid, at ang aking wakas ay maging gaya nawa ng kanya." Subalit hindi niya pinili ang mamu- hay ng buhay ng matuwid, at ang kanyang wakas ay nakitakda na kabilang ng mga kaaway ng Dios.

Ang wakas ni Balaam ay tulad sa naging wakas ni Judas, at ang kanilang pakatao ay mayroong pagkapareho. Kapwa ang dalawang ito ay sinikap pagsamahin ang paglilingkod sa Dios at sa sarili, at kapwa sila nabigo. Kinilala ni Balaam ang tunay na Dios, at nagangking naglilingkod sa kanya; si Judas ay naniwala kay Jesus bilang Siyang Mesias, at nakiisa sa kanyang mga tagasunod. Subalit si Balaam ay umasang gawing tuntungan ang paglilingkod sa Dios sa pagkakaroon ng kayamanan at makamundong karangalan; at sa pagkabigo dito, siya ay nabuwal, nahulog, at nabasag. Si Judas ay umasa na sa kanyang pakikiisa kay Jesus ay magkakaroon ng kayamanan at pagkataas sa makamundong kaharian na sa kanyang paniniwala,
[533] ay itatag ng Mesias. Ang pagkabigo sa kanyang inaasahan ang nagakay sa kanyang pagtalikod at pagkapahamak. Kapwa si Balaam at sa Judas ay nakatanggap ng dakilang liwanag at nagkaroon ng natatanging mga karapatan, subalit ang isang inibig na kasalanan ang lumason sa buong pagkatao, at naging sanhi ng kapahamakan.

Isang lubhang mapanganib na bagay ang magpahintulot sa isang hindi Kristianong ugali na manirahan sa puso. Ang isang kasalanang inibig ay, unti-unting, magbababa sa pagkatao, pinasusuko ang lahat ng higit na marangal na mga kapangyarihan upang sumuko sa masamang nasa. Ang pag-aalis ng isang panggalang ng konsiyensia, ang pagpapahintulot sa isang masamang gawain, isang pagpapabaya sa mataas na pagtawag ng tungkulin, ay nakasisira sa mga pananggalang ng kaluluwa, at nagbibigay ng daan upang si Satanas ay makapasok at tayo ay mailigaw. Ang tanging ligtas na landas ay ang araw-araw na pagpapailanlang ng ating mga dalangin mula sa

isang taimtim na puso, tulad ng ginawa ni David, "Panatilihin ang aking mga hakbang sa iyong mga landas, upang ang aking mga paa ay hindi mangadu- las." Mga Awit 17:5. [534]

## Kabanata 41—Ang Pagtalikod sa Jordan

Ang kabanatang ito ay batay sa Mga Bilang 25.

Taglay ang masayang mga puso at binagong pananampalataya sa Dios, ang nagtagumpay na mga hukbo ng Israel ay bumalik mula sa Basan. Kanila nang natamo ang pag-aari sa isang mahalagang teri- toryo, at sila'y nakatitiyak sa madaliang pagsakop sa Canaan. Ang ilog na lamang ng Jordan ang nasa pagitan nila at ng lupang ipinangako. Sa kabila lamang ng ilog ay ang mayamang kapatagan, na puno ng mga halaman, nadidilig ng mga sapa mula sa napakaraming mga bukal, at nalililiman ng mayayamang mga palma. Sa kanlurang bahagi ng kapatagan ay nakatayo ang mga tore at mga palasyo ng Jerico, lubhang nakapaloob sa mga palma doon kung kaya't iyon ay tinawag na "bayan ng mga punong palma."

Ang nasa silangang bahagi ng Jordan, sa pagitan ng ilog at ng mataas na talampas na kanilang dinaanan, ay isa ring kapatagan, may ilang milya ang luwang, at may ilang distansya rin ang haba sa tabi ng ilog. Ang lambak na ito na nakakanlungan ay mayroong klima ng tropiko; dito ay maraming shittim., o puno ng acasia, kaya't ang kapatagan ay tinawag na "Libis ng Shittim." Dito nagkapamento ang mga Israelita, at sa kakahuyan ng mga punong acasia sa tabi ng ilog ay nakasumpong sila ng isang mahusay na pahingahan.

Subalit sa kalagitanaan ng kaakit-akit na kapaligirang ito sila ay haharap sa isang kasamaan na higit pang nakamamatay kaysa sa makapangyarihang mga hukbo ng sandatahang mga lalaki o sa mababa- ngis na mga hayop sa kagubatan. Ang bansang iyon, na mayaman sa likas na mga kahigitan, ay narumihan ng mga naninirahan. Doon sa mga pangmadlang pagsamba kay Baal, na pangunahing diyos, ang pinakanakapagpapasama at makasalanang mga tanawin ay walang patid na isinasagawa. Sa bawat panig ay may mga kilalang mga dako para sa pagsamba sa diyus-diyusan at sa kalaswaan, ang mismong mga pangalan ay nagmumungkahi ng karumihan at ng pagkasira ng mga tao.

Ang kapaligirang ito ay nagkaroon ng nakaruruming impluwensya sa mga Israelita. Naging pangkaraniwan sa kanilang mga isip ang maruruming mga kaisipan na walang patid na iminumungkahi; ang kanilang buhay na walang masyadong ginagawa ay nagka- [535] roon ng mga bunga ng nakapagpapababa; at halos hindi nila namamalayan, sila ay lumalayo na sa Dios, at napapalagay na sa isang kalagayan na kung saan sila ay madaling nahuhulog sa biktima ng tukso.

Sa panahon ng kanilang pagkakampamento sa tabi ng Jordan, si Moises ay naghahanda para sa pagsakop sa Canaan. Sa gawaing ito ay lubhang naging abala ang dakilang pinuno; subalit para sa bayan ang panahong ito ng pag-aalinlangan at pagmamasid ay lubhang nakasusubok, at bago nakalipas ang maraming mga linggo, ang kanilang kasaysayan ay sinira ng pinakakilabot na mga paglayo mula sa mabuti at sa pagtatapat.

Sa simula ay walang gaanong ugnayan ang mga Israelita at ang mga kalapit bayan na hindi sumasamba sa Dios, subalit makalipas ang ilang mga panahon ang mga babaeng Medianita ay nagsimulang pumasok sa kampamento. Hindi ikinababahala ang kanilang pagpapakita, at matahimik na isinakatuparan ang kanilang mga panukala kung kaya't hindi natawag ang pansin ni Moises tungkol sa bagay na iyon. Layunin ng mga babaing ito, sa kanilang pakikisalamuha sa mga Hebreo na sila ay akiting lumabag sa mga utos ng Dios, upang ipapansin sa kanila ang mga seremonya at mga gawain ng hindi kumikilala sa Dios, at sila ay akayin sa pagsamba sa mga diyusdiyusan. Ang mga layuning ito ay mahusay na ikinubli sa ngalan ng pakikipagkaibigan, kung kaya't sila ay hindi pinaghinalaan maging ng mga tagapangasiwa ng bayan.

Ayon sa mungkahi ni Balaam, isang malaking kapistahan bilang parangal sa kanilang mga diyos ang itinakda ng hari ng Moab, at ito ay lihim na isinaayos upang si Balaam ay makagawa ng paraan upang ang mga Israelita ay makadalo. Siya ay kinikilala nilang propeta ng Dios, kung kaya't hindi siya gaanong nahirapan sa pagsasakatuparan ng kanyang layunin. Maraming tao ang sumama sa kanya upang panoorin ang mga kapistahan. Sila ay nagtungo sa ipinagbabawal na dako, at nasilo sa patibong ni Satanas. Nalinlang ng tugtugin at ng pagsasayaw, at naakit ng kagandahan ng mga hindi kumikilala sa Dios, kanilang tinalikuran ang kanilang pagtatapat

kay Jehova. Sa kanilang paglahok sa mga kasiyahan at kainan, ang pag-inom ng alak ay sumira sa kanilang mga pangdama, at sinira ang kanilang mga pananggalang upang makapagkontrol sa sarili. Nagkaroon ng ganap na kapangyarihan ang pagnanasa; at
[536] sapagkat ang kanilang konsyen- sia ay nasira na ng kahalayan, sila ay napilitang yumukod sa mga diyus-diyusan. Sila ay naghandog ng hain sa mga dambana ng hindi kumikilala sa Dios, at nakilahok sa pinakamahalay na mga seremonya.

Hindi nagtagal ang lason ay kumalat, tulad sa isang nakamamatay na impeksyon, sa buong kampamento ng Israel. Yaong dapat sana'y nanalo sa kanilang mga kalaban sa pakikipagdigma, ay nadaig ng katusuhan ng mga babaeng hindi kumikilala sa Dios. Ang bayan ay tila nahibang. Ang mga namumuno at ang mga pangunahing lalaki ay kabilang sa mga naunang sumalangsang, at lubhang napakaraming mga tao ang nagkasala kung kaya't ang pagtalikod ay naging pang- buong bayan. "Ang Israel ay nakilakip sa diyus-diyusang Baal-peor." Nang matawag ang pansin ni Moises upang makita ang kasamaan, ang panukala ng mga kaaway ay naging matagumpay na ng gano'n na lamang kung kaya't ang mga Israelita ay hindi lamang nakikilahok sa malaswang pagsamba sa Bundok ng Peor, ang mga gawain ng mga hindi kumikilala sa Dios ay isinasagawa na sa kampamento ng Israel. Ang matandang pinuno ay napuno ng galit, at ang galit ng Dios ay nag-alab.

Ang kanilang pagsalaysay ay gumawa para sa Israel ng hindi ma- gagawa ng lahat ng pang-eengkanto ni Balaam—inihiwalay nila sila mula sa Dios. Sa pamamagitan ng mabilis na dumarating na hatol ay nagising ang bayan sa kasamaan ng kanilang kasalanan. Isang kaki- lakilabot na salot ang kumalat sa kampamento, na kung saan sampu- sampung mga libo ang mabilis na nabiktima. Ipinagutos ng Dios na ang mga namuno sa pagtalikod ay patayin ng mga hukom. Ang utos na ito ay mabilis na isinakatuparan. Ang mga nangagkasala ay pina- tay, ang kanilang mga bangkay ay ibinitin upang makita ng buong Israel, upang ang kapisanan, sa pagkakita na gano'n kalupit ang ginawa sa mga pinuno, ay nagkaroon ng malalim na pagkadama sa pagka- suklam ng Dios sa kanilang kasalanan at sa kakilabutan ng Kanyang galit laban sa kanila.

Ang lahat ay nakadama na ang parusa ay makatuwiran, at ang bayan ay nagmadaling nagtungo sa tabernakulo, luhaan at may

malalim na pagpapakumbaba ay ipinagtapat ang kanilang kasalanan. Samantalang sila ay gano'ng umiiyak sa harap ng Dios, sa pinto ng tabernakulo, samantalang ang salot ay gumagawa pa ng gawain noon ng pagpatay, at isinasakatuparan pa ng mga hukom ang kakilakilabot [537] na ipinag-utos sa kanila, si Zimri, na isa sa mga prinsipe ng Israel, ay walang takot na nagtungo sa kampamento, na kasama ang isang patotot na Midianita, na isang prinsesa "sa bayan ng isang sangbahayan ng mga magulang sa Madian," na kanyang isinama sa kanyang tolda. Wala pa kailan mang kasamaan ang naging ganoon kalantaran at higit na may katigasan ng ulo. Lango sa alak, ay "ipinahayag ang kanilang mga kasalanan na gaya ng Sodoma," at lumuwalhati sa kanyang kahihiyan. Ang mga saserdote at ang mga pinuno ay nag- patirapa sa lungkot at pagkapahiya, na umiiyak "sa pagitan ng malaking pintuan at ng dambana," at nakikiusap sa Panginoon na iligtas ang Kanyang bayan, at huwag ibigay ang Kanyang lahi sa kahihiyan, nang ang prinsipeng ito sa Israel ay magwagayway ng kanyang kasalanan sa paningin ng kapisanan, na tila nilalabanan ang paghihiganti ng Dios at pinagtatawanan ang mga hukom ng bayan. Si Phinees, ang anak ni Eleazar na punong saserdote, ay tumindig mula sa kapisanan, at pagkakuha ng isang sibat, "siya'y naparoon sa likod ng Making Israelita sa loob ng tolda," at kapwa niya sinaksak ang dala- wa. Sa gano'ng paraan ang salot ay napigil, samantalang ang saserdote na nagsakatuparan ng hatol ng Dios ay pinarangalan sa harap ng buong Israel, at ang pagkasaserdote ay pinagtibay sa kanya at sa kanyang sambahayan magpakailanman.

"Pinawi ni Phinees...ang Aking galit sa mga anak ni Israel," ang pahayag ng Dios; "kaya't sabihin mo, Narito, Ako'y nakikipagtipan sa kanya tungkol sa kapayapaan: at magiging kanya, at sa kanyang binhi pagkamatay niya, ang tipan ng pagkasaserdoteng walang hanggan; sapagkat siya'y nagsikap sa kanyang Dios, at tumubos sa mga anak ni Israel."

Ang mga hatol na pinarating sa Israel dahil sa kanilang kasalanan sa Shittim, ay pumuksa sa mga nalabi sa malaking grupo, na, halos apat na pung taon ang nakalipas, ay pinatawan ng hatol na, "Sila'y mamamatay na walang pagsala sa ilang." Sa pagbilang sa mga tao ayon sa ipinag-utos ng Dios, nang sila ay magkampamento sa mga kapatagan ng Jordan, ay nahayag na "sa kanila na ibinilang ni Moises at ni Aaron na saserdote, na bumilang ng mga anak ni Israel sa ilang

ng Sinai,...walang natira kahit isang tao sa kanila, liban kay Caleb na anak ni Jephone, at kay Josue na anak ni Nun." Mga Bilang 26:64, 65.

Hinatulan ng Dios ang Israel dahil sa pagsunod sa mga pang-
[538] aakit ng mga Medianita; subalit ang mga nang-akit ay hindi makatatakas sa galit ng hatol ng Dios. Ang mga Amalekita na lumusob sa Israel sa Rephidim, na pumatay doon sa mga mahina at pagod na nasa huli- hang hukbo, ay matagal bago pinarusahan; subalit ang mga Medianita na umakit sa kanila upang magkasala, ay kaagad ipinaramdam sa kanila ang hatol ng Dios, bilang higit na mapanganib na mga kaa- way. "Ipaghiganti mo ang mga anak ni Israel sa mga Medianita," (Mga Bilang 31:2), ang iniutos ng Dios kay Moises; "pagkatapos nito'y malalakip ka sa iyong bayan." Ang utos na ito ay kaagad isinakatuparan. Isang libong mga lalaki ang pinili mula sa bawat lipi, at sinugo sa ilalim ng pamumuno ni Phinees. "At binaka nila ang Madian, gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises.... At pinatay nila ang mga hari sa Madian maliban sa iba pang namatay;...na kasama ng mga napatay na limang hari sa Madian: si Balaam man na anak ni Beor ay kanilang pinatay ng tabak" Talatang 7, 8. Ang mga babae rin na nabihag ng mga sumalakay na hukbo, ay pinatay sa pag-uutos ni Moises, bilang pinakamakasalanan at pinakamapanganib sa mga kalaban ng Israel.

Gano'n ang naging wakas ng mga nagpanukala ng masama laban sa bayan ng Dios. Wika ng mang-aawit: "Ang mga bansa ay nangahulog sa balon na kanilang ginawa: sa silo na kanilang ikinubli ay kanilang sariling paa ang nahuli." Mga Awit 9:15. "Sapagkat hindi itatakwil ng Panginoon ang Kanyang bayan, ni pababayaan man niya ang Kanyang mana. Sapagkat kahatulan ay babalik sa katuwiran." Kapag ang mga tao ay "nagpipisan laban sa kaluluwa ng matuwid," dadalhin ng Panginoon "sa kanila ang kanilang sariling kasamaan, at ihihiwalay niya sila sa kanilang sariling kasamaan." Mga Awit 94:14, 15,21,23.

Nang si Balaam ay tawagan upang sumpain ang mga Hebreo, hindi niya magawa sa pamamagitan ng kanyang mga pang-eengkanto, ang maghatid ng kasamaan sa kanila; sapagkat ang Panginoon ay "walang nakitang kasamaan sa Jacob, ni wala siyang nakitang kasamaan sa Israel." Mga Bilang 23:21, 23. Subalit nang sa pamamagitan ng pa sangayon sa tukso ay kanilang nilabag ang kau-

tusan ng Dios, ang kanilang pananggalang ay humiwalay sa kanila. Kapag ang bayan ng Dios ay tapat sa kanyang mga utos, "walang enkanto laban sa Jacob, ni panghuhula laban sa Israel." Kaya't ang lahat ng kapangyarihan at katusuhan ni Satanas ay ginagamit upang sila ay maakit tungo sa pagkakasala. Kung yaong mga nag-aangking [539] tagapag-ingat ng kautusan ng Dios, ay maging tagapagsalangsang sa mga ipinag-uutos noon, kanilang inihihiwalay ang kanilang sarili mula sa Dios, at hindi sila makatitindig sa harap ng kanilang mga kaaway.

Ang mga Israelita, na hindi maaring madaig sa pamamagitan ng mga sandata o sa pamamagitan ng pang-eengkanto ng Madian, ay nahulog na biktima ng kanyang mga patutot. Gano'n ang kapangyarihan ng babae, sa ilalim ng paglilingkod kay Satanas, sa pagsilo at pagpatay ng mga kaluluwa. "Kanyang inihiga ang maraming may sugat: Oo, lahat niyang pinatay ay isang makapangyarihang hukbo." Kawikaan 7:26. Sa gano'ng paraan ang mga anak ni Set ay naakit mula sa kanilang katapatan, at ang banal na binhi ay nadungisan. Gano'n ding paraan tinukso si Jose. Gano'n din ipinahamak ni Samson ang kanyang lakas, ang pananggalang ng Israel, sa mga kamay ng mga Filisteo. Dito si David ay nabuwal. At si Salomon, ang pinakamatalino sa mga hari, na tatlong beses na tinawag na sinisinta ng kanyang Dios, ay naging alipin ng silakbo ng damdamin, at isinakripisyo ang kanyang katapatan sa gano'n ding nakagagayumang kapangyarihan.

"Ang mga bagay na ito nga'y nangyari sa kanila na pinakahalimbawa; at pawang nangasulat sa pagpapaalaala sa atin, na mga dinatnan ng katapusan ng mga panahon. Kaya't ang may akalang siya'y nakatayo, mag-ingat na baka: mabuwal." 1 Corinto 10:11, 12. Alam na alam ni Satanas kung paano niya pakikitunguhan ang puso ng tao. Alam niya—sapagkat matindi niyang pinag-aralan na may pagkademonyo sa loob ng libu-libong mga taon—ang mga bahagi na pinakamadaling makikilos sa bawat tao; at sa maraming sunud-sunod na mga henerasyon ay pinabagsak ang pinakamalakas na mga lalaki, mga prinsipe sa Israel, sa pamamagitan ng gano'n ding mga pang-akit na naging matagumpay sa Baal-peor. Habang daan sa buong panahon ay nagkalat ang marami na nangabuwal sa mga bato ng pagbibigay laya sa pita ng laman. Sa ating paglapit sa pagtatapos ng panahon, samantalang ang bayan ng Dios ay naghi-

hintay sa mga hangganan ng makalangit na Canaan, si Satanas, tulad ng una ay dadagdagan ang kanyang pagsisikap upang mahadlangan ang kanilang pagpasok sa mabuting lupain. Inilalagay niya ang kanyang mga pangsilo sa bawat kaluluwa. Hindi lamang ang mga walang alam at hindi nakapag- aral ang kinakailangang mabantayan;
[540] kanya ring ihahanda ang kanyang mga pang-akit para doon sa mga nasa matataas na tungkulin, sa pinakabanal na gawain; kung kanya silang maaakit na dungisan ang kanilang kaluluwa, ay magagawa niyang sa pamamagitan nila ay ipahamak ang marami. At ginagamit rin niya ang mga paraan na ginamit niya tatlong libong taon na ang nakalipas. Sa pamamagitan ng makamundong pakikipagkaibigan, ng mga pang-akit ng kagan- dahan, ng pagsunod sa katuwaan, pagsasaya, kainan, o ng pag-inom ng alak, nang-aakit siyang labagin ang ikapitong utos.

Inakit ni Satanas ang Israel sa kahalayan bago niya inakay sila sa pagsamba sa diyus-diyusan. Yaong mga maglalapastangan sa wangis ng diyus at dudungisan ang Kanyang templo sa sarili nilang pagkatao ay hindi mag-aatubiling malapastangan ang Dios sa pagbibigay-lugod sa ninanasa ng kanilang mga pusong ubod ng sama. Ang pagbibigay laya sa pita ng laman ay nakapagpapahina ng pag-iisip at nakapag- pababa ng kaluluwa. Ang mga kapangyarihang may kinalaman sa moralidad at sa pag-iisip ay napapapurol at pinahihina ng pagbibigay lugod sa pita ng laman; at imposible para sa isang alipin ng kahalayan ang mabatid ang banal na pananagutan sa kautusan ng Dios, upang maunawaan ang pagtubos, o ang magkaroon ng tamang pagpa- pahalaga sa kaluluwa. Ang kabutihan, kadalisayan, at katotohanan, paggalang sa Dios, at pag-ibig sa mga banal na bagay—lahat ng mga banal ng pagsinta at marangal na pagnanasa na nag-uugnay ng mga tao sa makalangit na daigdig—ay nilalamon sa apoy ng pagnanasa. Ang kaluluwa ay nagiging isang maitim at malungkot na kasiraan, na tirahan ng masasamang espiritu, at "kulungan ng bawat karumal- dumal at kasuklam-suklam na mga ibon." Ang mga kinapal na nilalang sa wangis ng Dios ay nakaladkad pababa na kapantay ng mga hayop.

Sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga sumasamba sa mga diyus-diyusan at pagsama sa kanilang mga kapistahan ang mga Hebreo ay naakay sa pagsalangsang sa kautusan ng Dios, at naghatid ng Kanyang mga hatol sa bayan. Kaya't gano'n din naman ngayon

sa pamamagitan ng pag-akay sa mga tagasunod ni Kristo upang makisalamuha sa mga hindi kumikilala sa Dios at makiisa sa kanilang mga kasiyahan, si Satanas ay nagiging pinakamatagumpay sa pag-akit sa kanila tungo sa kasalanan. "Kaya nga, magsialis kayo sa kanila, at magsihiwalay kayo, sabi ng Panginoon, at huwag kayong magsihipo ng mga bagay na marumi." 2 Corinto 6:17. Ipinag-uutos ng Dios ngayon sa Kanyang bayan bilang isang malaking kaibahan sa sanli- butan, sa kaugalian, mga gawain, mga prinsipyo, ang ipinag- [541] utos Niya sa Israel noong una. Kung tapat nilang susundin ang mga itinuturo ng Kanyang salita, ang pagkakaibang ito ay mananatili; hindi maaring hindi. Ang mga babala na ibinigay sa mga Hebreo laban sa pakikisalamuha sa mga hindi kumikilala sa Dios ay hindi higit na tapatan o malinaw kaysa sa pagbabawal sa mga Kristiyano sa pagsang-ayon sa espiritu at kaugalian ng mga hindi maka-Dios. Si Kristo ay nagsasalita sa atin, "Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan. Kung ang sinoman ay umiibig sa sanlibutan, ay wala sa kanya ang pag-ibig ng Ama." 1 Juan 2:15. "Ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan ay pakikipag-away sa Dios. Sinoman ngang mag-ibig na maging kaibigan ng sanlibutan ay nagiging kaaway ng Dios." Santiago 4:4. Ang mga tagasunod ni Kristo ay kinakailangang humiwalay sa mga makasalanan, na pinipili lamang na makisama sa kanila kung may pagkakataong sila ay magawan ng mabuti. Hindi maaaring lumabis ang ating kapasyahang umiwas sa pakikisama doon sa ang impluwensya ay nakapagpapalayo sa atin sa Dios. Samantalang ating idinadalangin, "Huwag Mo kaming ihatid sa tukso," kinakailangang tayo ay umiwas sa tukso, hanggang sa pinakamalayong pag-iwas na maaari.

Panahon noon na ang mga Israelita ay nasa isang kalagayan ng panlabas na kaginhawahan at katiwasayan nang sila ay maakay tungo sa kasalanan. Kinaligtaan nilang panatilihing ang Dios ang palaging nasa kanilang harapan, kinaligtaan nila ang pananalangin, at minahal nila ang espiritu ng pagtitiwala sa sarili. Ang kaginhawahan at ang pagbibigay lugod sa sarili ang nag-alis ng pananggalang ng kaluluwa, at ang mahalay na mga kaisipan ay nagkaroon ng pagkakataong makapasok. Ang mga taksil na nasa loob ng mga bakod ang nagpabagsak sa mga patibayan ng prinsipyo at nagkanulo sa Israel upang mapasa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas. Sa ganoon ring paraan sinisikap ni Satanas na ipahamak ang kaluluwa.

Isang mahabang paraan ng paghahanda, na hindi alam ng sanlibutan, ang nagaganap sa puso bago gumawa ng pagkakasala ang isang Kristiyano. Ang isip ay hindi biglang bumababa mula sa kadalisayan at kabanalan tungo sa kasalaulaan, kabulukan, at krimen. Gumugugol din ng panahon ang pagsira doon sa mga nilikha sa wangis ng Dios upang maging malupit o parang demonyo. Sa pamamagitan ng pagmamasid, tayo ay nababago. Sa pamamagitan ng pagbibigay daan
[542] sa maruruming mga kaisipan, ay sinasanay ng tao ang kanyang isip upang ang kasalanan na dati ay kanyang kinamumuhian ay maging kaakit-akit sa kanya.

Ginagamit ni Satanas ang bawat paraan upang ang krimen at ang nakasisirang mga bisyo ay maging pangkaraniwan. Hindi tayo makalalakad sa mga lansangan ng mga lungsod na hindi makakakita ng malinaw na pagtatanyag ng krimen sa isang nobela, o sa ilang sinehan. Ang isip ay nagkakaroon ng kasanayan sa kasalanan. Ang sumpang nilakaran ng napakahamak at marumi ay inihaharap sa mga tao sa pangaraw-araw na mga pahayagan, at ang lahat na maaaring makakilos sa pita ng laman ay inihaharap sa kanila sa mga kasaysayang nakasisindak. Naririnig nila at nakababasa ang maraming mahalay na mga krimen, ano pa't ang dating musmos na konsyensya, na sana'y masisindak sa gano'ng mga pangyayari ay nagiging matigas at kanilang pinag-uukulan ng pansin ang mga bagay na ito na may sugapang pananabik.

Marami sa mga aliwan na kilala sa sanlibutan ngayon, maging noong mga nag-aangking mga Kristiano, ay humahantong sa kinahahantungan noong sa mga hindi kumikilala sa Dios. Kakaunti lamang sa mga iyon ang hindi ibinibilang ni Satanas sa pagpapahamak sa mga kaluluwa. Sa pamamagitan ng drama ay kumilos siya sa maraming mga panahon upang kilusin ang pita ng laman at luwalhatiin ang bisyo. Ang opera, na may magagandang ipinakikita at nakaaaliw na mga tugtugin, ang pagbabalatkayo, ang sayaw, ang baraha, ay ginagamit ni Satanas upang sirain ang prinsipyo, at buksan ang pinto sa pagbibigay laya sa pita ng laman. Sa bawat pagtitipon para sa kaligayahan kung saan ang kapalaluan ay itinatanyag o ang panglasa ay binibigyang laya, kung saan ang isa ay naaakay upang lumimot sa Dios at mawalan ng paningin sa mga walang hanggang mga bagay, doon ay ipinupulupot niya ang kanyang panggapos sa kaluluwa.

"Ingatan mo ang iyong puso ng buong sikap," ang payo ng pantas na lalaki; "sapagkat dinadaluyan ng buhay." Kawikaan 4:23. "Kung ano ang iniisip niya sa loob niya, ay gayon siya." Kawikaan 23:7. Ang puso ay kinakailangang mabago ng biyaya ng Dios, kung hindi ay mawawalan ng saysay ang pagsisikap na magkaroon ng dalisay na buhay. Siya na nagsisikap magtatag ng isang marangal, at mabuting pagkatao hiwalay sa biyaya ni Kristo, ay nagtatayo ng kanyang bahay sa buhanginan. Sa matinding mga bagyo ng [543]
tukso, iyon ay tiyak na maibabagsak. Ang dalangin ni David ay kinakailangang maging dalangin ng bawat kaluluwa: "Likhaan mo ako ang isang malinis na puso, Oh Dios; at magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko." Mga Awit 51:10. At dahil kabahagi na ng makalangit na kaloob, tayo ay kinakailangang magpatuloy tungo sa kasakdalan, sapagkat tayo ay "iniingatan sa pamamagitan ng pananampalataya sa ikaliligtas." 1 Pedro 1:5.

Gano'n pa man tayo ay mayroong gawain upang labanan ang tukso. Yaong mga hindi nagnanais mahulog sa mga tukso ni Satanas ay kinakailangang magbantay ng mabuti sa mga pangdama ng kaluluwa; kinakailangang umiwas sila sa pagbabasa, pagtingin, o pakikinig sa mga bagay na magmumungkahi ng maruming kaisipan. Ang isip ay hindi kinakailangang pabayaan sa kung anong isipan na lamang ang imungkahi ng kaaway ng kaluluwa. "Kaya't inyong bigkisin ang mga baywang ng inyong pag-iisip," wika ni Apostol Pedro, "na huwag kayong mangag-asal na ayon sa inyong dating masasamang pita nang kayo'y nasa kawalang kaalaman; ngunit yamang banal ang sa inyo'y tumawag, ay mangagpakabanal naman kayo sa lahat ng paraan ng pamumuhay." 1 Pedro 1:13-15. Wika ni Pablo, "Ano mang bagay na katotohanan, anomang bagay na kagalanggalang, anomang bagay na matuwid, anomang bagay na malinis, anomang bagay na kaibigibig, anomang bagay na mabuting ulat; kung may anomang kagalingan, at kung may anomang kapurihan, ay isipin ninyo ang mga bagay na ito." Filipos 4:8. Ito ay mangangailangan ng taimtim na pagdalangin at pagiging mapagpuyat. Tayo ay kinakailangang matulungan ng nananahang paglilingkod ng Banal na Espiritu, na siyang aakit sa isip paitaan, at sasanayin iyong manahan sa mga dalisay at banal na mga bagay. At tayo ay kinakailangang magkaroon ng masusing pag-aaral sa Salita ng Dios. "Sa paano lilinisin ng isang binata ang kanyang daan? Sa pagdinig

doon ayon sa iyong salita." "Ang salita Mo" wika ng mang-aawit, "ay aking iningatan sa aking puso: upang huwag akong magkasala laban sa iyo." Mga Awit 119:9, 11.

Ang kasalanan ng Israel sa Beth-peor ay naghatid ng mga ha-
tol ng Dios sa bayan, at bagaman ang gano'n ding mga kasalanan
ay maaaring hindi kaagad maparusahan, ang mga iyon ay tiyak na
magkakaroon ng kaparasahan, ang mga iyon ay tiyak na magkaka-
[544] roon ng kapa- rusahan. "Kung gibain ng sinoman ang templo ng
Dios, siya'y igigiba ng Dios." 1 Corinto 3:17. Ang kalikasan ay
nakapagkapit ng kakilak- ilabot na mga parusa sa mga krimen na
ito, mga parusa na kaagad- agad o pagkalipas ng panahon, ay ilala-
pat sa bawat nagkasala. Ang mga kasalanang ito ang higit sa iba
ay naging sanhi ng pagbaba ng ating lahi, at ng tindi ng salat at
kahirapan na isinumpa sa sanlibutan. Ang tao ay maaaring mag-
tagumpay sa paglilihim ng kanilang kasalanan mula sa kanilang
kapwa, subalit tiyak na kanila ring aani- hin ang bunga noon, sa
kahirapan, karamdaman, panghihina ng kai- sipan, o kamatayan.
At sa kabila ng buhay na ito ay naroon ang paglilitis sa Hukuman,
at ang gantimpala ng walang hanggang kaparusahan. "Ang mga
nagsisigawa ng gayong mga bagay ay hindi magsisipagmana ng
kaharian ng Dios," sa halip ay kasama ni Satanas at ng masasamang
mga anghel ay magkakaroon ng bahagi sa "dagat- dagatang apoy"
na siyang "ikalawang kamatayan." Galacia 5:21; Apocalipsis 20:14.

"Ang mga labi ng masamang babae ay tumutulo ng pulot, at ang
kanyang bibig ay madulas kay sa langis: ngunit ang kanyang huling
wakas ay mapait kay sa ahenho, matalas na parang tabak na may
talim sa magkabila." Kawikaan 5:3, 4. "Ilayo mo ang iyong lakad sa
kanya, at huwag kang lumapit sa pintuan ng kanyang bahay: baka
mo ibigay ang iyong karangalan sa iba, at ang iyong mga taon sa
mga kalakasan; at ang iyong mga pinagpagalan ay mapasa bahay
ng kaapid; at ikaw ay manangis sa iyong huling wakas, pagka ang
iyong laman at ang iyong katawan ay natunaw." Talata 8-11. "Ang
kanyang bahay ay kumikiling sa kamatayan." "Walang naparoroon
sa kanya na bumabalik uli." Kawikaan 2:18, 19. "Ang mga panauhin
[545] niya ay nangasa mga kalaliman ng Sheol." Kawikaan 9:18.

## Kabanata 42—Muling Isinaysay ang Kautusan

Ang kabanatang ito ay batay sa Deuteronomio 4 hanggang 6; 28.

Ipinahayag ng Panginoon kay Moises na ang itinakdang panahon para sa pagsakop sa Canaan ay malapit na; at samantalang ang matandang propeta ay nakatayo sa mga tugatog na kung saan ay natatanaw niya ang ilog ng Jordan at ang Lupang Pangako, siya ay tumingin na may matinding pananabik sa mamanahin ng kanyang bayan. Maaari kayang ang hatol na ipinataw sa kanya dahil sa kanyang kasalanan sa Cades ay mapawalang saysay? May malalim na kataimtimang nakiusap siya, "Oh Panginoong Dios, Iyong minulang ipinakilala sa Iyong lingkod ang Iyong kadakilaan at ang Iyong kamay na makapangyarihan: ano ngang Dios sa langit o sa lupa ang maka- gagawa ng ayon sa Iyong mga gawa, at ayon sa Iyong mga makapangyarihang kilos? Paraanin mo nga ako, isinasamo ko sa Iyo, at aking makita ang mabuting lupain na nasa dako roon ng Jordan, yaong mainam na bundok, at ang Libano." Deuteronomio 3:24-27.

Ang sagot ay, "Siya na; huwag ka nang magsalita pa sa Akin ng tungkol sa bagay na ito. Sumampa ka sa taluktok ng Pisga at ilingap mo ang iyong mga mata sa dakong kanluran, at sa dakong hilagaan, at sa dakong timugan, at sa dakong silanganan, at masdan mo ng iyong mga mata; sapagkat hindi ka makatatawid sa Jordang ito."

Wala ni isang reklamo, si Moises ay sumang-ayon sa ipinagutos ng Dios. At ngayon ang malaki niyang ikinababahala ay ang Israel. Sino ang makadadama ng kanyang pangangalaga sa kanilang kapa- kanan na kanyang nadama? Mula sa isang umaapaw na puso ay ibinuhos niya ang dalangin, "Maghalal ang Panginoon, ang Dios ng mga diwa ng lahat ng laman, ng isang lalaki sa kapisanan, na makalalabas sa harap nila, at makapapasok sa harap nila, at makapaglalabas sa kanila, at makapagpapasok sa kanila; upang ang kapisanan ng Panginoon ay huwag maging parang mga tupa na walang pastor." Mga Bilang 27:16-17.

At dininig ng Panginoon ang dalangin ng Kanyang lingkod at
[546] tumugon, "Ipagsama mo si Josue na anak ni Nun, isang lalaki na kinasihan ng Espiritu, at ipatong mo ang iyong kamay sa kanya; at iharap mo siya kay Eleazar na saserdote, at sa buong kapisanan; at pagbilinan mo siya sa kanilang paningin. At lalagyan mo siya ng iyong karangalan upang sundin siya ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel." Talatang 18-20. Si Josue ay matagal na nakasama ni Moises; at sapagkat siya ay isang lalaking may karunungan, kakayanan, at pananampalataya, siya ay napili upang humalili sa kanya.

Sa pamamagitan ng pagpapatong ng kamay ni Moises, na sinaliwan ng solemneng tagubilin, si Josue ay solemneng itinalaga bilang lider ng Israel. Siya rin ay tinanggap sa pakikibahagi sa pamamahala ng Panginoon. Ang mga salita ng Panginoon tungkol kay Josue ay dumating sa kanya sa pamamagitan ni Moises para sa kapulungan. "Siya'y tatayo sa harapan ni Eleazar na saserdote na hihingi ng payo para sa kanya sang-ayon sa hatol ng Urim sa harap ng Panginoon. Sa Kanyang salita sila'y lalabas at sa Kanyang salita siya at ang lahat ng anak ng Israel na kasama niya kasama ng lahat ng kapulungan." Talatang 21-23.

Bago iniwan ang kanyang tungkulin bilang nakikitang pinuno ng Israel, si Moises ay inutusang isalaysay sa kanila ang kasaysayan ng pagkaligtas sa kanila mula sa Ehipto at ang kanilang mga paglalakbay sa ilang, at upang banggitin ring muli ang kautusan na binanggit sa Sinai. Nang ang kautusan ay ibigay, kakaunti lamang sa nasa kasalukuyang kapisanan ang may edad na upang maunawaan ang dakilang kabanalan ng okasyong iyon. Samantalang sila ay malapit nang tumawid sa Jordan at manahin ang lupang ipinangako, ihahayag ng Dios sa kanila ang ipinag-uutos ng kanyang kautusan, at pagsabihan silang sumunod bilang kundisyon ng kanilang pag-unlad.

Si Moises ay tumayo sa harap ng bayan upang banggitin muli ang huli niyang mga babala at mga hamon. Ang kanyang mukha ay may ningning ng banal na liwanag. Ang kanyang buhok ay maputi na dahil sa katandaan; subalit ang kanyang tindig ay matuwid, ang kanyang anyo ay naghahayag ng hindi nababawasang lakas ng kalusugan, at ang kanyang mata ay malinaw. Iyon ay isang mahalagang okasyon, at may malalim na pangdama na inilarawan

niya ang pag- ibig at kaawaan ng kanilang Tagapagsanggalang na Makapangyarihan sa lahat:

"Ipagtanong mo nga sa mga araw na nagdaan, na nangauna sa iyo, mula nang araw na lalangin ng Dios ang tao sa ibabaw ng lupa, at mula sa isang hangganan ng langit hanggang sa kabila, kung [547] nagkaroon ng gaya ng dakilang bagay na ito, o may narinig na gaya nito? Narinig ba kaya kailan man ng mga tao ang tinig ng Dios na nagsali- ta sa gitna ng apoy, gaya ng narinig mo, at nabuhat? O may Dios kaya na nagsikap na yumaon at sumakop ng isang bansa sa gitna ng ibang bansa, sa pamamagitan ng mga tukso, ng mga tanda, at ng mga kababalaghan, at ng pagbabaka, at ng makapangyarihang kamay, at ng unat na bisig, at ng mga malaking kakilabutan ayon sa lahat na ginawa ng Panginoon mong Dios sa iyo sa Ehipto, sa harap ng iyong mga mata? Sa iyo ipinakita ito, upang iyong makilala na ang Panginoon ay Siyang Dios; wala nang iba liban sa Kanya."

"Hindi kayo inibig ng Panginoon, ni pinili kayo ng dahil sa kayo'y marami sa bilang kay sa alin mang bayan, sapagkat kayo ang pinakamaliit sa lahat ng mga bayan: kundi dahil sa inibig kayo ng Panginoon sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay at tinubos kayo sa bahay ng pagkaalipin, mula sa kamay ni Faraon na hari sa Ehipto. Talastasin mo nga, na ang Panginoon mong Dios, ay siyang Dios: ang tapat na Dios, na nag-iingat ng tipan at naggagawad ng kagandahang-loob sa mga umiibig sa Kanya, at tumutupad ng Kanyang mga utos, hanggang sa isang libong salin ng lahi." Deuteronomio 7:7-9.

Ang bayan ng Israel ay naging handa upang sisihin si Moises sa lahat ng kanilang suliranin; subalit ngayon ang kanilang hinala na siya ay kinikilos ng kapalaluan, ambisyon, o pagkamakasarili, ay napawi, at sila ay nakinig na may pagtitiwala sa kanyang mga salita. Matapat na inihayag ni Moises sa kanila ang kanilang mga pagkakamali, at ang mga pagsalangsang ng kanilang mga magulang. Maraming beses silang nakadama ng kawalan ng pagpapasensya at panghihimagsik dahil sa mahaba nilang paglalagalag sa ilang; subalit ang Panginoon ay hindi masisisi sa pagkaantalang ito sa pagsakop sa Canaan; Siya ay higit na nalungkot kaysa sa kanila sapagkat hindi Niya sila kaagad nadala sa pagsakop sa lupang ip-inangako, at nang sa gano'n ay maipahayag sa lahat ng mga bansa ang Kanyang kapangyarihan sa pagliligtas sa kanyang bayan. Sa

kanilang hindi pagtitiwala sa Dios, sa kanilang kapalaluan at hindi paniniwala, sila ay naging hindi handa upang pumasok sa Canaan. Hindi nila sa anumang paraan maihahayag ang isang bayan na ang Dios ang Panginoon; sapagkat wala sa kanila ang Kanyang likas
[548] ng kadalisayan, kabutihan, at pagkamapagbigay. Kung ang kanilang mga magulang lamang ay sumampalataya sa ipinag-uutos ng Dios, na pinangungu- nahan ng Kanyang kahatulan, at lumalakad sa Kanyang mga pala- tuntunan, matagal na sana silang nanirahan sa Canaan, na isang maunlad, banal, at masayang bayan. Ang kanilang pagkaantala sa pagpasok sa mabuting lupain ay nakalapastangan sa Dios, at naka- paghiwalay ng Kanyang kaluwalhatian sa paningin ng mga kalapit na mga bansa.

Si Moises na nakakaunawa ng likas at kahalagahan ng kautusan ng Dios, ay naniyak sa bayan na walang ibang bansa ang mayroong ganoong matalino, matuwid, at mahabaging mga patakaran na tulad sa ibinigay sa mga Hebreo. "Narito," wika niya, "aking tinuruan kayo ng mga palatuntunan at ng mga kahatulan, na gaya ng iniutos sa akin ng Panginoon kong Dios upang inyong gawing gayon sa gitna ng lupain na inyong paroroonan upang ariin. Ingatan nga ninyo at inyong isagawa; sapagkat ito ang inyong karunungan at ang inyong kaalaman sa paningin ng mga tao, na makakarinig ng mga palatuntunang ito, at magsasabi, Tunay na ang dakilang bansang ito ay isang pantas at maalam na bayan."

Tinawag ni Moises ang kanilang pansin sa "araw na sila ay tumayo sa harap ng Panginoon nilang Dios sa Horeb." At hinamon niya ang hukbo ng mga Hebreo: "Anong dakilang bansa nga ang may Dios na napakamalapit sa kanila na gaya ng Panginoon nating Dios kailan man tayo'y tumawag sa Kanya? At anong dakilang bansa nga, ang may mga palatuntunan at mga kahatulang napakamatuwid na gaya ng buong kautusang ito, na aking inilagda sa harap ninyo sa araw na ito?" Ngayon ang hamon sa Israel ay maaaring ulitin. Ang mga kautusan na ibinigay ng Dios sa Kanyang bayan noong una ay higit na matalino, mabuti, at higit na makatao kaysa sa karamihan sa mga sibilisadong bansa sa lupa. Ang mga batas ng mga bansa ay nagtataglay ng mga tanda ng mga sakit at ng kinahihiligan ng hindi pa nababagong puso; subalit ang kautusan ng Dios ay nagtataglay ng tatak ng Dios.

"Kinuha kayo ng Panginoon, at hinango kayo sa hurnong bakal," pahayag ni Moises, "upang kayo'y maging sa Kanya'y isang bayang mana." Ang lupain na sa madaling panahon ay kanilang papasukin, at magiging kanila sa kundisyon ng pagiging masunurin sa kautusan ng Dios, ay inilarawan sa kanila ng gano'n—at kinakailangang tunay ngang kinilos ng mga salitang iyon ang mga puso ng Israel, saman- [549]
talang kanilang inaalaala na siya ng nagniningning na naglalarawan sa kanila sa mabuting lupain, ay, dahil sa kanilang kasalanan, ay hindi makakabahagi sa mana ng kanyang bayan:

"Dinala ka ng Panginoon mong Dios sa isang mabuting lupain," "hindi gaya ng lupain ng Ehipto, na inyong pinanggalingan, na doo'y nagtatanim ka ng iyong binhi, at iyong dinidilig ng iyong paa, na parang taniman ng mga gulay: kundi ang lupain na inyong tatawirin upang ariin, ay lupaing maburol at malibis, at dinidilig ng tubig ng ulan sa langit;" "lupain ng mga batis ng tubig, ng mga bukal at ng mga kalaliman, na bumubukal sa mga libis at mga bundok; lupain ng trigo at ng sebada at ng puno ng ubas at ng mga puno ng igos, at ng mga granada; lupain na ang mga bato ay bakal, at ang kanyang mga burol ay makukunan mo ng tanso;" "lupaing inaalagaan ng Panginoon mong Dios, at ang mga mata ng Panginoong mong Dios ay nandoong lagi, mula sa pasimula ng taon hanggang sa katapusan ng taon." Deuteronomio 8:7-9; 11:10-12.

"At mangyayari, pagka ipapasok ka ng Panginoon mong Dios sa lupain na Kanyang isinumpa sa iyong mga magulang, kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob, upang ibigay sa iyo; na may malalaki at mabubuting bayan na hindi mo itinayo, at mga bahay na puno ng lahat na rnabubuting bagay, na hindi mo pinuno, at mga balong hukay na hindi mo hinukay, mga ubasan at mga puno ng olibo, na hindi mo itinanim, at iyong kakanin at ikaw ay mabubusog; at mag- ingat ka nga, baka iyong malimutan ang Panginoon." "Mangagingat nga kayo, baka inyong malimutan ang tipan ng Panginoon ninyong Dios.... Sapagkat ang Panginoon mong Dios ay isang apoy na mamumugnaw, mapanibughuing Dios nga." Kung sila ay gagawa ng kasamaan sa harap ng Panginoon, kung magkagayon, wika ni Moises, "Kayo'y malilipol na madali na walang pagsala sa lupain na inyong tinutungo ng pagdaraan sa Jordan, upang ariin."

Matapos ang pangmadlang pagbasa ng kautusan, tinapos ni Moises ang gawain ng pagsulat sa lahat ng mga kautusan, mga tuntunin,

at mga kahatulan na ibinigay ng Dios sa kanya, at lahat ng mga patakaran tungkol sa paraan ng paghahain. Ang aklat na naglalaman ng mga ito ay ipinagkatiwala sa mga angkop na manunungkulan, at upang maingatan ay inilagay sa tabi ng kaban.

Natatakot pa rin ang dakilang pinuno na baka humiwalay ang
[550] bayan ng Dios. Sa isang pinakamahusay at nakapanginginig na pananalita ay inilahad niya sa kanila ang mga pagpapala na mapapasa kanila batay sa pagsunod, at ang mga sumpa na darating batay sa pagsalangsang:

"Kung iyong didingging masikap ang tinig ng Panginoon mong Dios, upang isagawa ang lahat Niyang utos na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito," "magiging mapalad ka sa bayan, at magiging mapal- akad ka sa parang. Magiging mapalad ang bunga ng iyong katawan, at ang bunga ng iyong lupa, at ang bunga ng iyong mga hayop.... Magiging mapalad ang iyong buslo at ang iyong palayok. Magiging mapalad ka sa iyong pagpasok, at magiging mapalad ka sa iyong paglabas. Pasasaktan ng Panginoon sa harap mo ang iyong mga kaaway na nagbabangon laban sa iyo. Igagawad sa iyo ng Panginoon ang Kanyang pagpapala sa iyong mga kamalig, at sa lahat ng pagpa- tungan mo ng iyong kamay."

"Ngunit mangyayari, na kung hindi mo didinggin ang tinig ng Panginoon mong Dios, na isasagawa ang lahat ng Kanyang mga utos at ang Kanyang palatuntunan na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, na ang lahat ng sumpang ito ay darating sa iyo," "at ikaw ay magiging isang kamanghaan, isang kawikaan, at isang kabiruan sa lahat ng bayang pagdadalhan sa iyo ng Panginoon." "At pangangalatin ka ng Panginoon sa lahat ng mga bayan, mula sa isang dulo ng lupa hanggang sa kabilang dulo ng lupa; at doo'y maglilingkod ka sa ibang mga diyos, na hindi mo nakilala, ninyo ng inyong mga magulang, sa makatuwid baga'y sa mga diyos na kahoy at bato. At sa gitna ng mga bansang ito ay hindi ka makakasumpong ng ginhawa, at mawawalan ng kapahingahan ang talampakan ng inyong paa: kundi bibigyan ka ng Panginoon doon ng sikdo ng puso, at pangangalumata, at panglalambot ng kaluluwa: at ang iyong buhay ay mabibitin sa pag-aalinlangan sa harap mo; at ikaw ay matatakot gabi't araw, at mawawalan ng katiwalaan ang iyong buhay. Sa kinaumagahan iyong sasabihin, kahimanawari ay gumabi na! at sa kinagabihan iyong sasa- bihin, kahimanawari ay umaga na! dahil

sa takot ng iyong puso na iyong ikatatakot, at dahil sa paningin ng iyong mga mata na iyong ikakikita."

Sa pamamagitan ng Espiritu ng Inspirasyon, sa pagtingin sa darating na mga panahon, inilarawan ni Moises ang kakilakilabot na mga magaganap sa huling pagpapabagsak sa Israel bilang isang bansa, at ang pagkawasak ng Jerusalem sa pamamagitan ng mga hukbo ng Roma: "Magdadala ang Panginoon ng isang bansang [551] laban sa iyo mula sa malayo, mula sa katapusan ng lupa, na gaya ng lumilipad na agila; isang bansang ang wika'y hindi mo nababatid; bansang mukhang mabangis, na hindi igagalang ang pagkatao ng matanda, ni magpapa- kundangan sa bata."

Ang lubos na pagkawasak ng lupain, at ang kakilakilabot na paghihirap ng bayan sa pagkubkub sa Jerusalem sa pangunguna ni Titus, makalipas ang ilang daang taon, ay malinaw na inilarawan: "Kanyang kakanin ang anak ng iyong hayop at ang bunga ng iyong lupa, hanggang sa maibubuwal ka.... At kanyang kukubkubin ka sa lahat ng iyong mga pintuang daan, hanggang sa ang mataas at nakababakod na kuta ay malagpak, na siyang iyong sariling katawan, ng laman ng iyong mga anak na lalaki at babae, na ibinigay sa iyo ng Panginoon mong Dios, sa pagkakubkob at sa gipitan, na igigipit sa iyo ng iyong kaaway." "Ang mahabagin at maramdaming babae sa gitna mo, na hindi pa natitikmang itungtong ang talampakan ng kanyang paa sa lupa dahil sa kahinhinan at pagkamahabagin, ay magiging masama ang kanyang mata sa asawa ng kanyang sinapupunan,...at sa kanyang mga anak na kanyang ipanganganak: sapagkat kanyang kakanin ng lihim sila dahil sa kakulangan ng lahat ng mga bagay, sa pagkubkob at sa kagipitan, na igigipit sa iyo ng iyong mga kaaway sa iyong mga pintuang bayan."

Si Moises ay nagtapos sa pamamagitan ng mga salitang ito na nakakapukaw ng damdamin: "Aking tinatawag ang langit at ang lupa na pinakasaksi laban sa inyo sa araw na ito, na aking ilalagay sa harap mo ang buhay at ang kamatayan, ang pagpapala at ang sumpa; kaya't piliin mo ang buhay, upang ikaw ay mabuhay, ikaw at ang iyong binhi; na iyong ibigin ang Panginoon mong Dios, na sundin ang Kanyang tinig, at lumakip sa Kanya: sapagkat Siya ang iyong buhay, at ang kalaunan ng iyong mga araw; upang matahanan mo ang lupain na isinumpa ng Panginoon sa iyong mga

magulang, kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob, na ibibigay sa kanila." Deuteronomio 30:19, 20.

Upang higit pang maidiin ang mga katotohanang ito sa bawat isa, ay inilagay ng dakilang pinuno ang mga iyon sa isang banal na tala. Ang awit na ito ay hindi lamang tungkol sa kasaysayan, kundi tungkol sa hula. Samantalang inaalala noon ang kahanga-hangang pakikitungo ng Dios sa Kanyang bayan sa nakaraan, inihahayag din
[552] noon ang dakilang magaganap sa hinaharap, ang pagtatagumpay sa wakas ng mga tapat sa ikalawang pagdating ni Kristo sa kapangyarihan at kaluwalhatian. Ipinag-utos sa bayan na sauluhin ang patulang kasaysayan, at ituro iyon sa kanilang mga anak at mga inanak. Iyon ay aawitin ng kapisanan kapag sila ay natitipon sa pagsamba, at uulit-ulitin ng mga tao samantalang kanilang isinasagawa ang kanilang gawain sa araw- araw. Tungkulin ng mga magulang ang itanim ang mga salitang ito sa murang mga isip ng kanilang mga anak upang ang mga iyon ay di kailan man malimutan.

Sapagkat ang mga Israelita, sa isang natatanging paraan, ay magiging tagapag-ingat ng kautusan ng Dios, ang kahulugan ng mga ipinag- uutos noon at ang kahalagahan ng pagsunod ay bukod tanging kinakailangang maitanim sa kanila, at sa pamamagitan nila, sa kanilang mga anak at mga inanak. Ipinag-utos ng Panginoon tungkol sa Kanyang mga tuntunin: "At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at sa iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumalakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon.... At iyong isusulat sa itaas ng pintuan ng iyong bahay at sa iyong mga pintuan- daan."

Kung ang mga anak ay mangagtatanong sa mga panahong darating, "Anong kahulugan ng mga patotoo, at ng mga palatuntunan, at ng mga kahatulan, na iniutos sa inyo ng Panginoon nating Dios?" ay isasaysay ng mga magulang ang kasaysayan ng mabiyayang pakiki- tungo ng Dios sa kanila—kung paanong ang Panginoon ay gumawa upang sila ay mailigtas upang sila ay makasunod sa Kanyang kautusan—at sa kanila'y sasabihin, "Iniutos ng Panginoon sa amin na gawin ang lahat ng mga palatuntunang ito, na matakot sa Panginoon nating Dios, sa ikakabuti natin kailan man, upang ingatan Niya tayong buhay, gaya sa araw na ito. At siya'y magiging

katuwiran sa atin, kung ating isagawa ang buong utos na ito sa harap
ng Panginoon nating Dios, gaya ng iniutos Niya sa atin.” [553]

## Kabanata 43—Ang Pagkamatoy ni Moises

Ang kabanatang ito ay batay sa Deuteronomio 31 hanggang 34.

Sa lahat ng pakikitungo ng Dios sa Kanyang bayan, ay kaagapay ng Kanyang pag-ibig at kaawaan, mayroong malinaw na katibayan ng Kanyang ganap at walang kinikilingang kahatulan. Ito ay pinatutunayan sa kasaysayan ng mga Hebreo. Ang Dios ay nagkaloob ng dakilang mga pagpapala sa Israel. Ang Kanyang mapagmahal na kabutihan sa kanila ay nakakikilos na ilinalarawan: "Parang agila na kumikilos ng kanyang pugad; na yumuyungyong sa kanyang mga inakay, kanyang ibinubuka ang kanyang mga pakpak, kanyang kinu- kuha, kanyang dinadala sa ibabaw ng kanyang mga pakpak: ang Panginoon na mag-isa ang pumapatnubay sa kanya." Gano'n pa man mabilis at matindi ang parusang pinararating sa kanila dahil sa kanilang mga pagsalangsang!

Ang walang hanggang pag-ibig ng Dios ay nahayag sa pagkakaloob ng Kanyang bugtong na Anak upang tubusin ang isang lahing tungo sa kapahamakan. Si Kristo ay naparito upang ipahayag sa tao ang likas ng Kanyang Ama, at ang Kanyang buhay ay napuno ng mga gawa ng pagkamagiliw at mahahabagin ng Dios. Gano'n pa man si Kristo ay nagpahayag, "Hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan." Mateo 5:18. Ang tinig ding yaon na may pagkamatiisin, nagmamahal na pagsuyo ay nag-aanyaya sa makasalanan upang lumapit sa Kanya at makasumpong ng kapatawaran at kapayapaan, ay magsasabi sa paghuhukom sa mga tumanggi sa Kanyang kaawaan, "Magsilayo kayo sa akin, kayong mga sinumpa." Mateo 25:41. Sa buong kasulatan, ang Dios ay inihahayag hindi lamang bilang isang magiliw na Ama, kundi bilang isang matuwid na hukom. Bagaman Siya ay nalulugod sa pagpapapahayag ng kaawaan, at "nagpapatawad ng kasamaan, at ng pagsalangsang, at ng kasalanan," gano'n pa man, "sa anomang paraan ay hindi (Niya) aariing walang sala ang salarin." Exodo 34:7.

Ang dakilang Hari ng sansinukob ay nag-utos na hindi ni Moises [554] pangungunahan ang kapisanan ng Israel sa pagpasok sa mabuting lupain, at ang taimtim na pakiusap ng kanyang lingkod ay hindi maaaring makapagbabago sa kanyang hatol. Alam Niya na siya ay kinakailangang mamatay. Gano'n pa man hindi niya inilihis kahit sa isang sandali man lamang ang kanyang pangangalaga sa Israel. Matapat niyang sinikap na maihanda ang kapisanan sa pagpasok sa ipinangakong mana. Sa utos ng Dios, si Moises at si Josue ay nagtungo sa tabernakulo, samantalang ang haliging ulap ay lumapit at tumindig sa tapat ng pinto. Dito ay banal na itinagubilin ang bayan sa pamumuno ni Josue. Ang gawain ni Moises bilang isang pinuno ay tapos na. Inihuli pa rin niya ang kanyang sarili sa kanyang pagpapahalaga sa kanyang bayan. Sa harap ng natipong karamihan, si Moises, sa ngalan ng Dios, ay nagsalita sa kanyang kahalili ng mga salitang ito na may banal na pagpapasaya: "Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang: sapagkat iyong ipapasok ang mga anak ni Israel sa lupain na isinumpa ko sa kanila; at Ako'y sasaiyo." At siya ay hu- marap sa mga matanda at mga opisyales ng bayan, at binigyan sila ng isang banal na tagubilin na matapat na sundin ang mga utos na kanyang pinarating sa kanila mula sa Dios.

Samantalang ang bayan ay tumitingin sa matandang lalaki, na malapit nang kunin mula sa kanila, kanilang naalaala, na may bago at mas malalim na pagkaunawa, ang kanyang magiliw na pagkamagulang, ang kanyang matalinong mga payo, at ang kanyang walang kapagurang paglilingkod. Malimit, nang ang kanilang mga kasalanan ay nag- anyaya ng matuwid na mga kahatulan ng Dios, ang mga dalangin ni Moises ay napailanlang sa kanya upang iligtas sila! Ang kanilang kalungkutan ay pinatindi ng pagsisisi sa sarili. Mapait na naalala nilang ang sarili nilang kalikuan ay nagbulid kay Moises sa kasalanan na kinakailangan niyang ikamatay.

Ang pag-aalis sa minamahal nilang pinuno ay magiging isang higit na malakas na sumbat sa Israel kay sa ano pa man na maaari sana nilang natanggap kung ang kanyang buhay at gawain ay pinatuloy pa. Sila ay inakay ng Dios upang madama na hindi nila gagawin na ang buhay ng susunod na pinuno nila ay masubok ng tulad sa ginawa nila kay Moises. Ang Dios ay nagsasalita sa Kanyang bayan sa pamamagitan ng mga pagpapalang ipinagkakaloob; at kapag ang mga ito ay hindi pinasalamatan, Siya ay nagsasalita sa kanila sa

pamamagitan ng mga pagpapalang inaalis upang maipakita sa kanila
[555] ang kanilang kasalanan, at manumbalik sa Kanya ng buong puso.

Nang araw ding yaon dumating kay Moises ang utos, "Sumampa ka...sa bundok ng Nebo,...at masdan mo ang lupain ng Canaan, na Aking ibinibigay sa mga anak ni Israel, na pinakaari: at mamatay ka sa bundok na iyong sinasampa, at malakip ka sa iyong bayan."

May ilang beses nang iniwan ni Moises ang kampamento, sa pagsunod sa mga pagtawag ng Dios, upang makipag-ugnay sa Dios; subalit siya ay kinakailangang umalis ngayon sa isang bago at mahiwagang ipinag-uutos. Siya ay kinakailangang humayo upang ilapag ang kanyang buhay sa mga kamay ng kanyang Manlalalang. Alam ni Moises na siya ay mag-isang mamamatay; walang kaibigan sa lupa ang pahihintulutang maglingkod sa kanya sa kanyang mga huling oras. Mayroong hiwaga at kakilabutan sa magaganap sa kanya, na iniuurong ng kanyang puso. Ang pinakamahigpit na pagsubok ay ang kanyang paghiwalay mula sa bayan na kanyang pinangalagaan at minahal, ang bayan na matagal nang kinalakipan ng kanyang pagmamalasakit at ng kanyang buhay. Subalit natutunan niyang magtiwala sa Dios, at may pananampalatayang hindi nag-aalinlangan ay itinalaga niya ang kanyang sarili at ang kanyang bayan sa Kanyang pag-ibig at kaawaan.

Sa kahuli-hulihang pagkakataon, si Moises ay tumindig sa kapisanan ng kanyang bayan. At muli ang Espiritu ng Dios ay sumakanya, at sa pinakamahusay at nakakikilos na wika ay bumigkas siya ng isang pagpapala para sa bawat lipi, at nagtapos sa isang panalangin para sa kanilang lahat:

"Walang gaya ng Dios, Oh Jeshurun,
Na sumasakay sa langit dahil sa pagtulong sa iyo,
At sa himpapawid dahil sa kanyang karangalan.
Ang walang hanggang Dios ay iyong dakong tahanan,
At sa ibaba'y ang walang hanggang mga bisig:
At kanyang itinutulak sa harap mo ang iyong mga kaaway,
At sinasabi, Lansagin mo.
At ang Israel ay tumatahang tiwala,
Ang bukal ng Jacob na nag-iisa,
Sa isang lupain ng trigo at alak;
Oo't, ang Kanyang mga langit ay nagbababa ng hamog.

Maginhawa ka, Oh Israel:
Sino ang gaya mo, bayang iniligtas ng Panginoon, ng kalasag na iyong tulong."

Deuteronomio 33:26-29

[556]

Si Moises ay tumalikod sa kapisanan, at sa katahimikan ay mag-isang pumanhik sa tabi ng bundok. Siya ay nagtungo sa "bundok ng Nebo, sa taluktok ng Pisga." Sa itaas ng malungkot na taluktok na iyon ay tumindig siya, at tumingin na may malinaw na mga mata sa tanawing nakalatag sa harap niya. Sa malayong kanluran ay naroon ang bughaw na tubig ng Dakilang Dagat; sa hilaga, ay nakatindig ang Bundok ng Hermon na paturok sa kalawakan; sa silangan ay ang talampas ng Moab, at sa ibayo noon ay ang Basan, ang pinangyarihan ng pagtatagumpay ng Israel; at sa malayong timog ay nakalatag ang ilang na matagal nilang pinaglagalagan.

Sa katahimikan ay inalala ni Moises ang buhay niyang malaki ang ipinagbago at ang mga kahirapan buhat nang kanyang iwan ang mga karangalan sa palasyo at hinaharap na kaharian sa Ehipto, upang makiisa sa piniling bayan ng Dios. Inalala niya yaong mahahabang mga taon sa ilang kasama ng mga tupa ni Jetro, ang pagpapakita ng isang anghel sa nagniningas na mababang punong kahoy, at ang pagkakatawag sa kanya upang iligtas ang Israel. At muli nakita niya ang makapangyarihang mga himala ng kapangyarihan ng Dios na ipinahayag alang-alang sa kanyang piniling bayan, at ang kanyang matiising kaawaan noong mga taon ng kanilang paglalagalag at paghihimagsik. Sa kabila ng lahat ng ginawa ng Dios para sa kanila, sa kabila ng sarili niyang mga dalangin at pagpapagal, dalawa lamang sa lahat ng mga may gulang na sa malaking hukbo na umalis sa Ehipto, ang nasumpungang tapat at maaaring pumasok sa Lupang Pangako. Samantalang inaalala ni Moises ang bunga ng kanyang mga pagpapagal, ang buhay niyang puno ng pagsubok at pagsasakripisyo ay tila halos nawalan ng saysay.

Gano'n pa man hindi niya pinagsisisihan ang mga pagpapagal na kanyang pinasan. Alam niya na ang kanyang misyon at gawain ay itinalaga ng Dios. Nang unang tawagin upang maging pinuno ng Israel mula sa pagkaalipin, siya ay umurong sa kapanagutan; subalit mula nang pasanin niya ang gawain, ay hindi niya inilapag

ito. Maging noong ang Panginoon ay nag-alok na pakakalasin na siya, at pupuksain na ang mapaghimagsik na Israel, si Moises ay hindi pumayag. Bagaman naging mabigat ang kanyang mga pagsubok, nagkaroon siya ng natatanging pagpapahayag ng kaluguran ng Dios; siya ay nagkaroon ng mayamang karanasan sa panahon
[557] ng paglalakbay sa ilang, sa pagsaksi sa pagpapahayag ng kapangyarihan at kaluwalhatian ng Dios, at sa pakikiugnay sa kanyang pag-ibig; kanyang nada- ma na mabuti ang kanyang naging kapasyahan sa pagpiling maghirap na kasama ng bayan ng Dios, sa halip na magsaya sa mga kaligayahan ng kasalanan sa maikling panahon.

Sa pagtingin niya sa kanyang karanasan bilang pinuno ng bayan ng Dios, isang pagkakamali ang sumira sa kanyang tala. Kung ang pagsalangsang na iyon ay maaaring hindi mapawi, nadadama niya na hindi siya uurong sa kamatayan. Mayroon siyang katiyakan na ang pagsisisi, at pananampalataya sa ipinangakong hain, ang kailangan lamang ng Dios, at muling ipinagtapat ni Moises ang kanyang kasalanan, at humiling ng tawad sa ngalan ni Jesus.

At ngayon isang magandang tanawin ng lupang pangako ang inihayag sa kanya. Ang bawat bahagi ng bansa ay nakalatag sa harap niya, hindi sa malabo at di tiyak na dumidilim sa kalayuan, kundi sa malinaw, kitang-kita, at maganda sa kanyang nasisiyahang paningin. Sa tanawing ito ay ipinakita, hindi kung ano iyon noon, kundi kung anong mangyayari doon, dahilan sa pagpapala ng Dios doon, sa pag-aari ng Israel. Nagtila tumitingin siya sa ikalawang Eden. Mayroong mga bundok na nararamtan ng mga sedro ng Libano, mga burol na nagkukulay abo dahil sa olibo at mabangong amoy ng ubasan, malapad na luntiang mga kapatagan na nagliliwanag dahil sa mga bulaklak at mayaman sa pagkamabunga, narito ang mga palma ng tropiko, naroon ang mga kumakaway na mga bukid ng trigo at ng cebada, naaarawang mga libis na may himig ng mga lagaslas ng mga sapa at awit ng mga ibon, rnabubuting mga bayan at magagandang mga hardin, mga lawa na mayaman sa "kasaganahan ng mga dagat," mga kawan na nanginginain sa tabi ng mga burol, at sa gitna ng malalaking mga bato ay ang mga pulot pukyutan. Tunay ngang iyon ay isang lupain na sa pagkakalarawan ni Moises sa ilalim ng inspirasyon ng Espiritu ng Dios, ay inilarawan sa Israel: "Pinagpala ng Panginoon...sa mga mahahalagang bagay ng langit, sa hamog, at sa kalaliman ng nasa ilalim niya, at sa mga mahalagang bagay na

ipinatubo ng araw...at sa pinakamarikit na mga bagay ng matandang bundok...at sa mahahalagang bagay ng lupa at kapunuan niyaon."

Nakita ni Moises ang piniling bayan na itinatag sa Canaan, ang bawat lipi sa kanyang sariling pag-aari. Nakita niya ang kanilang kasaysayan matapos ang kanilang paglipat upang manirahan sa lupang ipinangako; ang mahaba, at malungkot na kasaysayan ng [558]
kanilang pagtalikod at ang kaparusahan noon ay inilahad sa harap niya. Nakita niya sila, na dahil sa kanilang mga kasalanan, ay nangalat sa mga di kumikilala sa Dios, ang kaluwalhatian ay nawalay sa Israel, ang kanyang magagandang mga bayan ay naguho, at ang mga tao ay nabihag sa di kilalang mga lupain. Nakita niya silang naibalik sa lupain ng kanilang mga magulang, at sa wakas ay napailalim sa kapangyarihan ng Roma.

Siya ay pinahintulutang tumingin sa landas ng panahon, at nakita niya ang unang pagparito ng ating tagapagligtas. Nakita niya si Jesus na isang sanggol sa Betlehem. Narinig niya ang tinig ng mga anghel na pumailanlang sa masayang awit ng pagpuri sa Dios at kapayapaan sa lupa. Nakita niya sa mga langit ang bituin na gumabay sa mga pantas na lalaki mula sa Silangan tungo kay Jesus, at ang dakilang liwanag ay binaha ang kanyang isipan habang inaalala niya ang mga salita ng hulang, "Lalabas ang isang bituin sa Jacob, at may isang setro na lilitaw sa Israel." Mga Bilang 24:17. Nakita niya ang abang buhay ni Kristo sa Nazaret, ang Kanyang ministeryo ng pag-ibig at kaawaan at pagpapagaling, ang pagtanggi sa Kanya ng isang palalo, at hindi naniniwalang bayan. May pagkamangha siyang nakinig sa kanilang pagtatanyag sa kautusan ng Dios, samantalang kanilang iti- natakwil at tinatanggihan Siya na nagbigay ng kautusan. Nakita niya si Jesus sa bundok ng Olibo na may luhaang nagpapaalam sa lungsod ng kanyang pagmamahal. Samantalang minamasdan ni Moises ang huling pagtakwil ng bayan na lubos na pinagpala ng Langit—alang-alang sa kanila siya ay nagpagal at nanalangin at nag- sakripisyo, ay naging laan upang ang sarili niyang pangalan ay mapa- wi mula sa aklat ng buhay. Samantalang pinapakinggan niya yaong kilabot na mga salitang, "Narito, ang inyong bahay ay iniiwan sa inyong wasak" (Mateo 23:38), ang kanyang puso ay napiga sa lung- kot, at mapait na luha ang tumulo mula sa kanyang mga mata, sa pakikiramay sa kalungkutan ng Anak ng Dios.

Sinundan niya ang Tagapagligtas tungo sa Getsemane, at nakita ang labis na kalungkutan sa hardin, ang pagkanulo, ang mga pagtatawa at mga paghampas, ang pagpapako sa krus. Nakita ni Moises na kung paanong itinaas niya ang ahas sa ilang, gano'n din naman ang Anak ng Dios ay kinakailangang maitaas, upang sinomang sumam-
[559] palataya sa Kanya "ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng bu-
[560] hay na walang hanggan." Juan 3:15. Labis na pagkalungkot, galit, at takot ang pumuno sa puso ni Moises, samantalang minamasdan
[561] niya ang pagkukunwari at may pagka demonyong galit na ipinakita ng bansang Hudyo laban sa kanilang Tagatubos, ang makapangyarihang Anghel na una kaysa sa kanilang mga magulang. Narinig niya ang naghihirap na pag-iyak ni Kristo na, "Dios ko, Dios ko bakit mo Ako pinabayaan?" Marcos 15:34. Nakita Niya Siyang nakahiga sa bagong libingan ni Jose. Ang kadiliman ng kawalan ng pag-asa ay tila bumalot sa daigdig. Subalit tumingin siyang muli, at nakita niyang bumabangon Siya na isang nagtagumpay, at umaakyat sa langit na sinasabayan ng mga pumupuring mga anghel, at nangunguna sa isang kapisanan ng mga nabihag. Nakita niya ang nagniningning sa mga pintuang daan na nakabukas upang siya ay tanggapin, at ang hukbo ng langit na may mga awit ng pagtatagumpay na tinatanggap ang kanilang Pinuno. At doon ay ipinahayag sa kanya na siya mismo ay magiging isa doon sa tutulong sa Tagapagligtas, at magbubukas para sa kanya sa walang hanggan na mga pintuang daan. Samantalang minamasdan niya ang tanawin, ang kanyang anyo ay nagniningning ng banal na liwanag. Napakaliit ng kanyang mga pagsubok at sakripisyo sa buhay, kompara sa naranasan ng Anak ng Dios! napakagaan kung ihahambing sa "lalo't lalong bigat ng kaluwalha- tiang walang hanggan"! 2 Corinto 4:17. Siya ay nagalak sapagkat siya ay pinahintulutang, maging sa maliit na sukat, na makabahagi sa mga paghihirap ni Kristo.

Nakita ni Moises ang mga alagad ni Kristo sa kanilang paghayo upang dalhin ang Kanyang ebanghelyo sa mundo. Nakita niya na bagaman minaliit ang bayan ng Israel "ayon sa laman," ang mataas na katayuang itinawag sa kanila ng Dios, at dahil sa hindi nila paniniwala, sila ay hindi naging liwanag ng sanlibutan, bagaman kanilang itinakwil ang kahabagan ng Dios, at hindi na karapatdapat sa pagpapala bilang piniling bayan ng Dios, gano'n pa man ay hindi ng Dios itinakwil ang binhi ni Abraham; ang maluwalhating

mga panukala na kanyang isinasakatuparan sa pamamagitan ng Israel ay magaganap. Ang lahat, na sa pamamagitan ni Kristo, ay magiging mga anak ng pananampalataya, ay ibibilang na mga binhi ni Abraham; sila ay mga tagapagmana ng mga pangako ng tipan; tulad ni Abraham, sila ay tinawagan upang ingatan at ipahayag sa mundo ang kautusan ng Dios at ang ebanghelyo ng Kanyang Anak. Nakita ni Moises ang liwanag ng ebanghelyo na nagniningning, sa [562] pamamagitan ng mga alagad ni Jesus, sa kanila na "nalulugmok sa kadiliman" (Mateo 4:16), at libu-libong mula sa mga Hentil na natitipon sa liwanag noon na bumabangon. At samantalang nagmamasid, siya ay nagalak sa pagda- mi at pag-unlad ng Israel.

At ngayon isa pang pangitain ang sumapit sa kanya. Ipinakita sa kanya ang gawain ni Satanas na akayin ang mga Hudyo sa pagtakwil kay Kristo, samantalang sila ay nag-aangking pinararangalan ang kautusan ng kanyang Ama. Kanya ngayong nakita ang sangka-Kristianuhan na nasa gano'n ding pagkalinlang sa pag-aangking tina- tanggap ni Kristo samantalang tinatanggihan ang kautusan ng Dios. Narinig niya mula sa mga saserdote at mula sa mga matanda ang sigaw na, "Alisin Siya!" "Ipako Siya, ipako Siya!" at ngayon ay narinig niya sa mga nag-aangking mga Kristianong tagapagturo ang sigaw na, "Alisin ang kautusan!" Nakita niya ang Sabbath na niyuyurakan, at isang huwad na institusyon ang itinatag na kapalit noon. At muli si Moises ay nagkaroon ng labis na pagtataka at labis na takot. Paano magagawa ng mga naniniwala kay Kristo na itakwil ang kautusan na kanyang ipinahayag sa pamamagitan ng sarili niyang tinig sa banal na bundok? Paanong ang sinuman na may pagkatakot sa Dios ay magwalang bahala sa kautusan na siyang pundasyon ng kanyang pamamahala sa langit at sa lupa? May galak na nakita ni Moises ang kautusan ng Dios na iginagalang pa rin at itinaas ng ilang mga tapat. Nakita niya ang huling dakilang pagsisikap ng mga kapangyarihan sa mundo na patayin yaong nag-iingat sa kautusan ng Dios. Tumingin siya sa hinaharap na panahon kung kailan ang Dios ay babangon upang parusahan ang mga naninirahan sa lupa dahil sa kanilang kasalanan, at yaong may pagkatakot sa Kanyang pangalan ay tatakpan at maikukubli sa araw ng Kanyang kagalitan. Narinig niya ang tipan ng Dios ng kapayapaan doon sa mga nag-ingat sa Kanyang kautusan, samantalang ang Kanyang tinig ay Kanyang pinapailanglang mula pa sa Kanyang banal na tirahan,

at ang mga langit at ang lupa ay nayanig. Nakita niya ang ikalawang pagdating ni Kristo sa kaluwalhatian, ang mga matuwid na patay ay ibinangon tungo sa buhay na walang hanggan, at ang mga buhay na banal ay inilipat na hindi nakatikim ng kamatayan, at magkasamang tumataas na may mga awit ng kagalakan tungo sa bayan ng Dios.

Isa pang tanawin ang nabuksan sa kanyang paningin—ang lupa
[563] ay malaya na sa sumpa, higit na kaibig-ibig kay sa Lupang Pangako na unang nahayag sa harap niya. Walang kasalanan, at ang kamatayan ay hindi nakapapasok. Doon ang mga bayan ng mga ligtas ay naka- sumpong ng kanilang walang hanggang tahanan. May kagalakang hindi mabigkas, si Moises ay tumingin sa tanawin—ang katuparan ng higit pang maluwalhating pagkaligtas kay sa pinakamaluwalhati niyang pag-asa na kanyang nailarawan. Ang kanilang paglalagalag sa mundo ay walang hanggan nang lumipas, ang Israel ng Dios sa wakas ay nakapasok na sa matabang lupain.

At muli ang pangitain ay nawala, at ang kanyang mga mata ay nanahan sa lupain ng Canaan sa pagkakalatag noon sa malayo. At, tulad sa isang pagod na mandirigma, siya ay nahiga upang mamahinga. "Sa gayo'y si Moises na lingkod ng Panginoon ay namatay roon sa lupain ng Moab ayon sa salita ng Panginoon. At Kanyang inilibing siya sa libis sa lupain ng Moab na nasa tapat ng Beth-peor: ngunit sinomang tao ay hindi nakaalam ng libingan niya." Marami sa hindi naging handa na makinig sa mga payo ni Moises samantalang siya ay kasama pa nila, ay maaaring napasa panganib ng pagsamba sa diyus- diyusan sa kanyang bangkay, kung nalaman nila ang dako na pinaglibingan sa kanya. Dahil dito iyon ay ikinubli sa tao. Subalit inilibing ng mga anghel ng Dios ang bangkay ng Kanyang tapat na lingkod, at binantayan ang malungkot na libingan.

"At wala pang bumangong propeta sa Israel na gaya ni Moises, na kilala ng Panginoon sa mukhaan, sa lahat ng mga tanda at mga kababalaghan na iniutos ng Panginoon...at sa buong makapangyarihang kamay at sa buong dakilang kakilabutan, na ginawa ni Moises sa paningin ng buong Israel."

Kung ang buhay ni Moises ay hindi nasira ng isang kasalanang iyon, sa hindi pagbibigay ng kaluwalhatian sa Dios sa pagpapalabas ng tubig mula sa bato sa Kades, siya sana ay nakapasok sa Lupang Pangako, at sana'y nadala sa langit na hindi nakatikim ng kamatayan. Subalit hindi siya matagal na nanatili sa libingan. Si Kristo, kasama

ng Kanyang mga anghel na naglibing kay Moises, ay bumaba mula sa langit upang tawagin ang banal na natutulog.

Si Satanas ay nagalak sa kanyang pagtatagumpay na si Moises ay gumawa ng kasalanan laban sa Dios, at mapailalim sa kapangyarihan ng kamatayan. Ipinahayag ng dakilang kaaway na ang pahayag ng Dios na—"Sapagkat ikaw ay alabok at sa alabok ka uuwi" (Genesis 3:19) —ay nagbibigay sa kanya ng pagmamay-ari sa patay. Ang [564] kapangyarihan ng libingan ay hindi pa kailan man nawawasak, at ang lahat ng nasa libingan ay inaangkin niyang kanyang mga bihag, at hindi na kailan man pakakawalan sa kanyang madilim na kulungan.

Sa kauna-unahang pagkakataon, si Kristo ay magbibigay ng buhay sa patay. Samantalang ang Prinsipe ng buhay at ang mga kinapal na nagniningning ay lumalapit sa libingan, si Satanas ay nabahala sa kanyang kapangyarihan. Kasama ng kanyang masasamang mga anghel siya ay tumindig upang hadlangan ang pananalakay sa teritoryo na kanyang inaangkin. Kanyang ipinagmalaki na ang lingkod ng Dios ay naging kanyang bihag. Kanyang ipinahayag na maging si Moises ay hindi nakasunod sa kautusan ng Dios; at kanyang inilapat sa kanyang sarili ang kaluwalhatian na ukol kay Jehova—ang kasalanan na siya ring naging sanhi ng pagpapaalis kay Satanas mula sa langit— at sa pamamagitan ng pagsalangsang ay napasa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas. Inulit ng punong manlilinlang ang dating ibini- bintang niya laban sa pamahalaan ng Dios, at inulit ang kanyang mga reklamo sa kawalan ng katarungan ng Dios sa kanya.

Si Kristo ay hindi yumuko upang pumasok sa isang pakikipagtalo kay Satanas. Maaari sana Niyang binanggit sa kanya ang masamang gawain ng paglilinglang na kanyang ginawa sa langit na naging sanhi ng pagkapahamak ng malaking bilang ng mga naninirahan doon. Binanggit sana Niya ang kasinungalingang isinaysay sa Eden, na naging sanhi ng pagkakasala ni Adan at naghatid ng kamatayan sa sangkatauhan. Maaaring ipinaalala sana Niya kay Satanas na siya ang may gawa ng panunukso sa Israel upang magreklamo at maghimag- sik, na nagpayamot sa mahabang pagpapasensya ng kanilang pinuno, at sa hindi naingatang sandali ay binigla siya tungo sa kasalanan na dahil doon siya ay nahulog sa kapangyarihan ng kamatayan. Subalit iniugnay ni Kristo ang lahat sa Ama, sa pagsasabing, "Sawayin ka nawa ng Panginoon." Judas 9. Ang

Panginoon ay hindi pumasok sa palakipagtalo sa kalaban, kundi noon at doon ay sinimulan ang Kanyang gawain ng pagwasak sa kapangyarihan ng nahulog na kalaban, at pagbuhay sa patay. Narito ang isang katibayan na hindi ni Satanas malalabanan, tungkol sa kapangyarihan ng Anak ng Dios. Ang pagkabuhay na maguli ay tiniyak na pangwalang-hanggan. Ang bihag ni Satanas naagaw sa
[565] kanya; ang namatay na matuwid ay ma- bubuhay muli.

Dahil sa kasalanan, si Moises ay napasa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas. Sa kanyang sariling kabutihan siya ay marapat na bihag ng kamatayan; subalit siya ay ibinangon tungo sa buhay na walang hanggan, na pinanghahawakan bilang kanyang karapatan sa ngalan ng Tagapagtubos. Si Moises ay bumangon mula sa libingan na nilulwal- hati, at siya ay pumanhik kasama ng kanyang Tagapagligtas tungo sa bayan ng Dios.

Hindi pa kailan man nangyari, hanggang sa iyon ay nahayag sa sakripisyo ni Kristo, na ang katarungan at pag-ibig ng Dios ay malinaw na nahayag ng higit sa Kanyang mga pakikitungo kay Moises. Hindi ng Dios pinapasok si Moises sa Canaan, upang magturo ng liksiyon na hindi kailan man malilimutan—na ipinag-uutos niya ang tapat na pagsunod, at ang tao ay kinakailangang mag-ingat sa pagtanggap ng kaluwalhatiang ukol sa kanilang Manlalalang. Hindi Niya maaaring ipagkaloob ang kahilingan ni Moises na siya ay makabahagi sa mana ni Israel, subalit hindi niya kinalimutan o pinabayaan ang Kanyang lingkod. Naunawaan ng Dios ng langit ang paghihirap na tiniis ni Moises; binigyang pansin Niya ang bawat tapat na paglilingkod sa mga panahong iyon ng mahahabang mga taon ng kahirapan at mga pagsubok. Doon sa tuktok ng Pisga, ay tinawagan ng Dios si Moises sa isang mana na higit na maluwalhati sa Canaan sa lupa.

Sa bundok ng transpigurasyon, si Moises ay naroon kasama ni Elias na iniakyat. Sila ay sinugo bilang tagapagdala ng liwanag at kaluwalhatian mula sa Ama para sa Anak. At sa gano'n ang dalangin ni Moises, na binigkas marami nang taon ang nakalipas, ay natupad sa wakas. Siya ay tumindig sa "sa mabuting bundok," sa nasasakupan ng mana ng Kanyang bayan, nagpapatotoo sa Kanya na siyang sentro ng lahat ng mga pangako sa Israel. Iyon ang kahulihang tagpo na ipinakita sa paningin ng tao sa kasaysayan ng taong iyon na lubos na pinarangalan ng langit.

Si Moises ay isang paglalarawan kay Kristo. Siya rin ang nagpahayag sa Israel, "Paglilitawin sa iyo ng Panginoon mong Dios ang isang Propeta sa gitna mo, sa iyong mga kapatid, na gaya ko; sa Kanya kayo makikinig." Deuteronomio 18:15. Nakita ng Dios na maka- bubuting sanayin si Moises na paaralan ng paghihirap at karukhaan, bago siya mahandang manguna sa hukbo ng Israel tungo sa Canaan sa lupa. Ang Israel ng Dios, na naglalakbay tungo sa makalangit na Canaan, ay mayroong Kapitan na hindi nangangailangan ng pagtu- turo ng tao upang mahanda Siya sa Kanyang gawain [566]
bilang isang banal na pinuno; gano'n pa man Siya ay "pinasakdal sa pamamagitan ng mga paghihirap;" at "palibhasa'y nagbata Siya sa pagkatukso, Siya'y makasasaklolo sa mga tinutukso." Hebreo 2:10, 18. Ang ating Taga- pagtubos ay hindi nagkaroon ng kahinaan ng tao o pagkukulang; gano'n pa man Siya ay namatay upang matamo para sa atin ang pagpasok sa Lupang Pangako.

"At sa katotohanang si Moises ay tapat sa boong sangbahayan niya gaya ng lingkod, na pinakapatotoo sa mga bagay ng sasabihin pagkatapos; datapuwat si Kristo, gaya ng anak ay puno sa bahay Niya; na ang bahay niya ay tayo, kung ating ingatang matibay ang ating pagkakatiwala at pagmamapuri sa pag-asa natin hanggang sa katapusan." Hebreo 3:5, 6. [567]

# Kabanata 44—Pagtawid sa Jordan

Ang kabanatang ito ay batay sa Josue 1 hanggang 5:12.

Lubos na ipinagdalamhati ng mga Israelita ang pinuno nilang umalis, at tatlumpung araw ang itinalaga para sa mga natatanging serbisyo alang-alang sa pag-alaala sa kanya. Hindi pa kailan man hanggang sa siya ay kinuha mula sa kanila, lubos na kanilang nabatid ang kahalagahan ng kanyang mahuhusay na mga payo, pagkagiliw ng isang magulang at pananampalatayang hindi nanlulupaypay. May bago at higit na pagpapahalaga, kanilang inalala ang mahahalagang mga liksyon na kanyang ibinigay sa kanila nang siya ay kasama pa nila.

Si Moises ay patay na, subalit ang kanyang impluwensya ay hindi namatay na kasama niya. Iyon ay mabubuhay at kusang dadami sa puso ng kanyang bayan. Ang alaala ng banal at hindi makasariling buhay na iyon ay matagal pakamamahalin, na may tahimik, at mapanghikayat na kapangyarihang humuhubog sa mga buhay maging noong nakalimot sa kanyang mga buhay na salita. Kung paanong ang liwanag ng bumababang araw ay nagpapaliwanag sa tuktok ng mga bundok matagal nang nakalubog ang araw sa likod ng mga burol, gano'n din naman ang mga gawa ng dalisay, banal, at mabuti, ay nagbibigay liwanag sa sanlibutan matagal nang lumipas ang mga gumanap doon. Ang kanilang mga gawa, mga salita, at halimbawa ay mabubuhay magpakailan pa man. "Ang matuwid ay maaalaalang walang hanggan." Mga Awit 112:6.

Samantalang sila ay lubos na nalulungkot sa malaking nawala sa kanila, alam ng bayan na sila ay hindi pinabayaan. Ang haliging ulap ay tumatapat sa tabernakulo kung araw, at ang haliging apoy kung gabi, na isang katiyakan na ang Dios pa rin ang kanilang gabay at katulong samantalang sila ay lumalakad ayon sa kanyang mga utos.

Si Josue na ang kinikilalang pinuno ng Israel. Bukod tangi siyang nakilala bilang isang mandirigma, at ang kanyang mga kaloob at mga

katangian ay bukod tanging mahalaga sa yugtong ito ng kasaysayan ng kanyang bayan. Matapang, may matibay na pasya, mapagpunyagi, maliksi, tapat, walang makasariling iniisip sa pangangalaga doon sa itinalaga upang kanyang pangasiwaan, at, higit sa lahat, ay pinasisigla ng isang buhay na pananampalataya sa Dios, iyon ang [568] pagkatao ng lalaking pinili ng Dios upang pangunahan ang mga hukbo ng Israel sa kanilang pagpasok sa Lupang Pangako. Sa panahon ng kanilang paninirahan sa ilang siya ay gumanap bilang punong ministro kay Moises, at sa pamamagitan ng kanyang matahimik, at walang pag- kukunwaring katapatan, katatagan nang ang lahat ay nanlulupaypay, katibayan sa panghahawak sa katotohanan sa gitna ng panganib, siya ay nagbigay ng katibayan ng kanyang pagiging handa upang humalili kay Moises, bago pa man siya tawagin sa tungkulin sa pamamagitan ng tinig ng Dios.

May malaking kabalisahan at hindi pagtitiwala sa sarili na si Josue ay tumingin sa gawain na nasa kanyang harapan; subalit ang kanyang mga pangamba ay napawi sa pamamagitan ng paniniyak ng Dios, "Kung paanong Ako'y suma kay Moises, ay gayon Ako sasa iyo: hindi kita iiwan ni pababayaan kita.... Iyong ipamamana sa bayang ito ang lupain na Aking isinumpa sa kanilang mga magulang na ibibigay sa kanila." "Bawat dakong tuntungan ng talampakan ng inyong paa, ay naibigay Ko na sa inyo, gaya ng sinalita Ko kay Moises." Hanggang sa mga bundok ng Libano sa malayong dako, hanggang sa mga baybay ng Malaking Dagat, at hanggang sa mga pampang ng Eufrates sa silangan—lahat ay magiging kanila.

Sa pangakong ito ay idinagdag ang tagubiling, "Magpakalakas ka lamang at magpakatapang na mabuti, na isagawa mo ang ayon sa buong kautusan na iniutos sa iyo ni Moises na Aking lingkod." Ang bilin ng Dios ay, "Ang aklat na ito ng kautusan ay huwag mahihiwalay sa iyong bibig, kundi iyong pagbubulayan araw at gabi;" "huwag kang liliko sa kanan o sa kaliwa;" "sapagka't kung magkagayo'y iyong pagiginhawahin ang iyong lakad, at kung magkagayo'y magtatamo ka ng mabuting kawakasan."

Ang mga Israelita ay nagkakampamento pa rin sa silangang bahagi ng Jordan, na naghayag ng unang hadlang sa pagsakop sa Canaan. "Tumindig ka," ang unang mensahe ng Dios kay Josue, "tumawid ka sa Jordang ito, ikaw, at ang buong bayang ito, hanggang sa lupain na Aking ibinibigay sa kanila." Walang tagubiling

ibinigay kung paano sila tatawid. Alam ni Josue, gano'n pa man, na kung ano man ang ipag-utos ng Dios, Siya ay gagawa ng daan para sa Kanyang bayan upang iyon ay maisakatuparan, at sa pananampalatayang ito ang matapang na pinuno ay kaagad nagsimula ng
[569] kanyang pagsasaayos para sa pagsulong.

May ilang milya ang layo mula sa kabila ng ilog, sa kabila mismo ng pinagkampuhan ng mga Israelita, ay ang malaki at matibay na nababakurang lungsod ng Jerico. Ang lungsod na ito ang nasa lugar na pinakasusi sa buong bansa, at iyon ay naghahayag ng isang nakakatakot na hadlang sa pagtatagumpay ng Israel. Kung kaya't si Josue ay nagsugo ng dalawang kabataan bilang mga tiktik upang dumalaw sa lungsod na ito, at tiyalan ang ilang mga bagay tulad ng bilang ng mga naninirahan doon, mga kayamanan, at lakas ng kuta. Ang mga naninirahan sa lungsod, takot at naghihinala, ay patuloy na nagmamanman, at ang mga sugo ay nasa isang malaking panganib. Sila, gano'n pa man, ay iningatan sa pamamagitan ni Rahab, isang babae na taga Jerico, na naglagay sa panganib ng sariling buhay. Bilang ganti sa kanyang kabutihan, siya ay pinangakuan nilang ililigtas kapag ang lungsod ay kinuha.

Ang mga tiktik ay ligtas na nagbalik dala ang balitang, "Tunay na ibinigay ng Panginoon sa ating mga kamay ang buong lupain; at bukod dito'y nangliliit ang lahat na nananahan sa lupain sa harap natin." Binanggit sa kanila sa Jerico, "Aming nabalitaan kung paanong tinuyo ng Panginoon ang tubig sa Dagat na Pula sa harap ninyo, nang kayo'y lumabas sa Ehipto; at kung ano ang inyong ginawa sa dalawang hari ng mga Amorrheo, na nangasa dako roon ng Jordan, kay Sehon at kay Og, na inyong lubos na pinuksa. At pagkabalita namin ay nanglumo ang aming puso, ni walang diwa na naiwan sa kanino mang tao, dahil sa inyo; sapagkat ang Panginoon ninyong Dios, ay siyang Dios sa langit sa itaas, at sa lupa sa ibaba."

Ipinag-uutos na ngayon na maghanda sa pagsulong. Ang bayan ay kinakailangang maghanda ng pagkaing sasapat sa tatlong araw, at ang sandatahan ay kinakailangang nagagayakan sa pakikipagdigma. Ang lahat ay buong pusong sumangayon sa mga panukala ng kanilang pinuno, at tiniyak sa kanya ang kanilang pagtitiwala at pagtulong: "Lahat ng iyong iniutos sa amin ay aming gagawin, at saan mo man kami suguin ay paroroon kami. Kung paanong aming dininig

si Moises sa lahat ng mga bagay, ay gayon ka namin didinggin: sumaiyo lamang ang Panginoon mong Dios, na gaya kay Moises."

Iniwan ang kanilang pinagkampohan sa mga lilim ng acacia sa Shittim, ang hukbo ay bumaba tungo sa pampang ng Jordan. Alam ng lahat, gano'n pa man, na kung wala ang pagtulong ng Dios ay [570] hindi sila makaaasang makatatawid. Sa panahong ito ng taon—na tagsibol—ang mga natutunaw na niyebe sa mga bundok ay lubhang nagpataas ng tubig ng Jordan kung kaya't iyon ay umaapaw sa mga pangpang, kung kaya't impossibleng makatawid sa mga pangkarani- wang tawiran noon. Niloob ng Dios na ang pagtawid ng Israel sa Jordan ay maging isang himala. Si Josue, ayon sa utos ng Dios, ay nag-utos sa bayan na magpakabanal; kinakailangang ialis nila ang kanilang mga kasalanan, at maging malaya sa lahat ng panglabas na karumihan; "sapagka't bukas," wika niya, "ay gagawa ng mga kaba- balaghan ang Panginoon sa inyo." Ang "kaban ng tipan" ay kinakailangang umuna sa daan sa harap ng hukbo. Kapag nakita nila ang tanda ng presensya ni Jehova, na dala ng mga saserdote, ay inalis sa gitna ng kampamento, at nagtungo sa ilog, sila ay kinakailangang "kumilos sa kanilang dako at sumunod." Ang mga magaganap sa pagtawid ay masusing ipinahayag; at sinabi ni Josue, "Sa ganito ay inyong makikilala na ang buhay na Dios ay nasa gitna ninyo, at walang pagsalang Kanyang itataboy sa harap ninyo ang Cananeo.... Narito, ang kaban ng tipan ng Panginoon ng buong lupa ay nagpa- pauna sa inyo sa Jordan."

Sa panahong itinakda ay nagpasimula ang pasulong na pagkilos, ang kaban, na dala ng mga saserdote sa kanilang mga balikat, ang nangunguna sa lahat. Ang bayan ay inutusang maiwan sa huli, upang magkaroon ng bakanteng dako na mahigit sa kalahating milya ang layo mula sa kaban. Ang lahat ay nagmasid na may malalim na kasabikan samantalang ang mga saserdote ay nagpapatuloy tungo sa mga pangpang ng Jordan. Nakita nila ang mga iyon nang ang banal na kaban ay tumuloy na walang tigil tungo sa galit, at malakas na agos, hanggang ang mga paa ng mga nagdadala noon ay nailusong sa mga tubig. At ang tubig na nagmumula sa itaas ay biglang nahawi paurong, samantalang ang agos paibaba ay nagpatuloy, at ang ka- ilaliman ng ilog ay nalantad.

Ayon sa ipinag-utos ng Dios, ang mga saserdote ay nagtungo sa gitna ng dadaanan, at doon ay tumindig, at ang buong hukbo

naman ay bumaba at tumawid tungo sa pampang na nasa malayo. Sa gano'ng paraan ay napatanim sa isip ng buong Israel ang katotohanan na ang kapangyarihang pumigil sa mga tubig ng Jordan ay siya ring nagbukas sa Dagat na Pula sa kanilang mga magulang apat na pung taon na ang nakalilipas. Nang ang buong bayan ay nakatawid
[571] na, ang kaban ay dinala na rin sa kanlurang baybay. Pagkarating noon sa dakong ligtas, at "nang matuntong sa tuyong lupa ang mga talampakan ng mga paa ng mga saserdote," ang tubig na napigil, nang makawala, ay mabilis na umagos pababa, na isang bahang hindi mapipigilan, sa likas na inaagusan ng ilog.

Ang mga sumusunod na lahi hindi nawalan ng patotoo sa dakilang himalang ito. Nang ang mga saserdote na may dala sa kaban ay naroon pa sa gitna ng Jordan, labing dalawang lalaki na dati nang pinili, na isa mula sa bawat lipi, ang kumuha ng bato mula sa naigahang bahagi ng ilog na kinatatayuan ng mga saserdote, at dinala ang mga iyon sa kanlurang bahagi. Ang mga batong iyon ay itinayo na isang bantayog sa unang lugar na kanilang pinagkampohan sa kabila ng ilog. Ipinag-utos sa bayan na kanilang isasaysay sa kanilang mga anak at mga inanak ang pagliligtas na ginawa ng Dios para sa kanila, kagaya ng pagkakasabi ni Josue, "Upang makilala ng lahat na mga bayan sa lupa ang kamay ng Panginoon, na makapangyarihan; upang sila'y matakot sa Panginoon ninyong Dios magpakailan man."

Ang impluwensya ng himalang ito, kapwa sa mga Hebreo at sa kanilang mga kaaway, ay may malaking kahalagahan. Iyon ay isang paniniyak sa Israel sa nagpapatuloy na pakikiharap at pag-iingat ng Dios—isang katibayan na Siya ay gagawa para sa kanila sa pamamagitan ni Josue tulad sa Kanyang ginawa sa pamamagitan ni Moises. Ang gano'ng paniniyak ay kailangan upang palakasin ang kanilang mga puso samantalang sila'y pumapasok sa pagsakop sa lupain—ang malaking tungkulin na nagpalupaypay sa pananampalataya ng kanilang mga magulang apat na pung taon na ang nakalili- pas. Ang Panginoon ay nagpahayag kay Josue bago sila tumawid, "Sa araw na ito ay pasisimulan kong padakilain ka sa paningin ng buong Israel, upang kanilang makilala, na kung paanong Ako'y suma kay Moises ay gayon Ako sasaiyo." At ang nangyari ay tumupad sa pangako. "Nang araw na yaon ay pinadakila ng Panginoon si Josue sa paningin ng buong Israel; at sila'y natakot sa kanya, gaya ng kanilang pagkatakot kay Moises, sa lahat ng mga araw ng kanyang

buhay." Ang pagkilos na ito ng kapangyarihan ng Dios ay inihanda rin upang dagdagan ang takot na ikinatakot sa kanila ng mga kalapit na mga bansa, nang sa gayon ay mahanda ang daan para sa mas madali at ganap na pagtatagumpay. Nang ang balita na pinigilan ng Dios ang tubig ng Jordan sa harap ng Israel, ay nakarating sa mga hari ng mga Amorrheo at mga Canaanita, ang kanilang mga puso ay [572]
nanga- tunaw sa takot. Napatay na ng mga Hebreo ang limang mga hari ng Madian, ang makapangyarihang si Sihon, na hari ng mga Amorrheo, at si Og ng Basan, at ngayon ang pagtawid sa bumababa at malakas ang agos na Jordan ay naghatid ng takot sa lahat ng mga kalapit na mga bansa. Sa mga Canaanita, sa buong Israel, at gano'n din kay Josue, isang malinaw na katibayan ang ibinigay na ang buhay na Dios, ang Hari ng langit at ng lupa, ay kasama ng Kanyang bayan, na hindi Niya sila "iiwan ni pababayaan."

Sa isang dako na malapit sa Jordan ang mga Hebreo ay gumawa ng una nilang kampamento. Dito ni Josue "tinuli ang mga anak ni Israel;" "at ang mga anak ni Israel ay humantong sa Gilgal, at kanilang ipinagdiwang ang Pascua." Ang pagtigil sa pagtutuli buhat nang maghimagsik sa Kades ay naging isang nagpapatuloy na patotoo sa Israel na ang kanilang pakikipagtipan sa Dios, na sinisimbuluhan noon ay nasira. At ang hindi pagpapatuloy sa Pascua, ang alaala ng kanilang pagkaligtas mula sa Ehipto, ay naging isang katibayan ng hindi pagkalugod ng Panginoon sa kanilang pagnanasang bumalik sa lupain ng pagkaalipin. Ngayon, gano'n pa man, ang mga taon ng pagtatakwil ay natapos na. Minsan pa ay kinilala ng Dios ang Israel bilang Kanyang bayan, at ang simbolo ng tipanan ay ibinalik. Ang pagtutuli ay isinagawa sa buong Israel na ipinanganak sa ilang. At ipinahayag ng Dios kay Josue, "Sa araw na ito ay inalis Ko sa inyo ang pagdusta ng Ehipto," at dahil dito ang dako na kanilang pinagkampohan ay tinawag na Gilgal, "isang pag-aalis" o "pagpawi".

Hinihiya ng mga hindi kumikilala sa Dios ang Panginoon at ang Kanyang bayan dahil hindi nasakop ng mga Hebreo ang Canaan, gaya ng kanilang inaasahan, nang sila ay umalis sa Ehipto. Ang kanilang mga kaaway ay nagalak sa pagtatagumpay sapagkat ang Israel ay matagal nang naglagalag sa ilang, at may pagkutya nilang ipinahayag na hindi magawa ng Dios ng mga Hebreo na sila ay ipasok sa Lupang Pangako. Ngayon ay malinaw nang ipinahayag

ng Dios ang Kanyang kapangyarihan at pagkalugod sa pagbubukas ng Jordan para sa Kanyang bayan, at hindi na sila maaaring hiyain ng kanilang mga kaaway.

"Nang ika-labing apat na araw ng buwan sa kinahapunan," ang Pascua ay ipinagdiwang sa mga kapatagan ng Jerico. "At sila'y ku- main ng imbak na trigo ng lupain sa kinabukasan pagkatapos
[573] ng Pascua, ng mga tinapay na walang lebadura, at ng sinangag na trigo, sa araw ding yaon. At ang mana ay naglikat nang lanabukasan, pagkatapos na sila'y makakain ng imbak na trigo ng lupain; at hindi naman nagkaroon pa ng mana ang mga anak ni Israel; kundi sila'y kumain ng bunga ng lupain ng Canaan." Tapos na ang mahabang mga taon ng kanilang paglalagalag sa ilang. Sa wakas ang mga paa
[574] ng Israel ay tumatahak sa Lupang Pangako.

## Kabanata 45—Ang Pagkaguho ng Jerico

Ang kabanatang ito ay batay sa Josue 5:13-15; 6; 7.

Ang mga Hebreo ay nakapasok na sa Canaan, subalit hindi pa nila ito nasasakop; at sa paningin ng tao ang pakikipaglaban upang masakop ang lupain ay magiging matagal at mahirap. Iyon ay pinaninirahan ng isang makapangyarihang lahi, na handang lumaban sa pagsakop sa kanilang kinaroroonan. Ang iba't-ibang mga tribo ay nagkakalakip dahil sa iisang kinatatakutang panganib. Ang kanilang mga kabayo at ang kanilang mga bakal na mga karo na panglaban, ang kanilang kaalaman tungkol sa bansa, at ang kanilang pagsasanay sa pakikipagdigma, ay nagbibigay sa kanila ng malaking kahigitan. Bukod dito, ang bansa ay nababantayan ng matitibay na mga moog— "mga bayang malaki at nakukutaan hanggang sa himpapawid." Deuteronomio 9:1. Sa paniniyak lamang ng lakas na hindi sa kanilang sarili, maaaring umasa ang mga Israelita upang magtagumpay sa kinakaharap na pakikipaglaban.

Isa sa pinakamatibay na moog ng lupain—ang malaki at mayamang bayan ng Jerico—ay nasa harap lamang nila, hindi gaanong kalayuan mula sa kanilang kampo sa Gilgal. Nasa hangganan ng isang matabang kapatagan na puno ng mayayaman at iba't-ibang bunga ng tropico, na ang mga palasyo at mga templo ay siyang tirahan ng pagkamaluho at bisyo, ang mayabang na bayang ito, sa likod ng malalaking mga panglaban, ay nag-aalok ng paglaban sa Dios ng Israel. Ang Jerico ay isa sa mga pangunahing luklukan ng pagsamba sa diyus-diyusan, na nakatalaga kay Astarot, ang diyosa ng buwan. Dito nakasentro ang lahat ng pinakamarumi at pinaka nakakababa sa relihiyon ng mga Canaanita. Ang bayan ng Israel, na sa kanilang mga pag-iisip ay sariwa pa ang kakilakilabot na bunga ng kanilang pagkakasala sa Beth-peor, ay maaari lamang tumingin sa bayang ito ng mga hindi kumikilala sa Dios na may pagkainis at labis na pagkasuklam.

Ang pagwasak sa Jerico ay nakita ni Josue na unang hakbang sa pagsakop sa Canaan. Subalit una sa lahat ay humiling siya ng katiyakan ng pagpatnubay ng Dios, at iyon ay ipinagkaloob sa kanya. Sa kanyang paglayo mula sa kampamento upang magmuni-muni at upang manalangin na ang Dios ng Israel ay manguna sa Kanyang
[575] bayan, nakakita siya ng isang nagagayakang mandirigma, marangal ang tindig at may pagkapinuno, "na may tabak sa kanyang kamay na bunot." Sa hamon ni Josue na, "Ikaw ba'y sa amin, o sa aming mga kaaway?" ang sagot ay ibinigay, "Ako'y naparito bilang Prinsipe ng hukbo ng Panginoon." Ang tulad sa utos na ibinigay kay Moises sa Horeb, "Hubarin mo ang iyong pangyapak sa iyong paa; sapagkat ang dakong iyong kinatatayuan ay banal," ay nagpahayag ng tunay na likas ng mahiwagang taga ibang bayan. Iyon ay si Kristo, ang Isang Nabunyi, na tumindig sa harap ng pinuno ng Israel. Sa takot, si Josue ay nagpatirapa at sumamba, at narinig ang paniniyak, "Aking ibinigay sa iyong kamay ang Jerico, at ang hari niyaon, at ang mga makapangyarihang lalaking matapang," at tumangap siya ng mga tagubilin tungkol sa pagkupkop sa bayan.

Bilang pagsunod sa utos ng Dios, isinaayos ni Josue ang mga hukbo ng Israel. Walang gagawing pagsalakay. Sila lamang ay iikot sa bayan, dala ang kaban ng Dios, at hinihipan ang mga pakakak. Una ay ang mga mandirigma, isang lupon ng mga piniling mga lalaki, hindi ngayon manlulupig sa pamamagitan ng sarili nilang kahusayan at lakas, kundi sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ipinag- uutos sa kanila na galing sa Dios. Pitong mga saserdote ang kasunod. Sunod ay ang kaban ng Dios, na napapalibutan ng sinag ng kaluwalhatian ng Dios, dala ng mga saserdote na nararamtan ng nagpapahayag ng kanilang banal na tungkulin. Kasunod ang hukbo ng Israel, ang bawat lipi sa ilalim ng kanyang sagisag. Iyon ang pagkakasunud-sunod ng prosisyon na lumibot sa bayan. Walang tunog ng narinig kundi ang yabag ng malaking hukbo at ang solemneng pagtunog ng mga pakakak, na umaalingawngaw sa mga burol, at malakas na naririnig sa mga lansangan ng Jerico. Nang matapos ang pag-ikot, ang hukbo ay matahimik na bumalik sa kanilang mga tolda, at ang kaban ay ibinalik sa lagayan noon sa tabernakulo.

May pagtataka at pagkabahala na ang mga tagapagbantay ng lungsod ay nagmasid sa bawat kilos, at nagulat doon sa mga may kapangyarihan. Hindi nila alam ang ibig sabihin ng lahat ng pagpa-

pakitang iyon; subalit nang makita nilang ang malaking hukbo ay lumilibot araw-araw, kasama ang kaban at ang mga naglilingkod na mga saserdote, ang kahiwagahan ng tanawin ay naghatid ng takot sa puso ng mga saserdote at mga tao. Muli nilang sinuri ang kanilang matibay na moog, at nadama na matagumpay nilang malalabanan [576] ang pinakamakapangyarihang pagsalakay. Marami ang lumibak sa kaisipan na mayroong masamang mangyayari sa kanila sa pamamagitan ng ganong paulit-ulit na pagpapakita. Ang iba ay namangha samantalang kanilang minamasdan ang prosisyon na araw- araw ay lumilibot sa lungsod. Naalala nila na minsan nangyari na ang Dagat na Pula ay nahawi sa harap ng bayang ito, at kapapangyari pa lamang na nagkaroon ng daan para sa kanila sa ilog ng Jordan. Hindi nila alam kung ano pang kahangahangang bagay ang gagawin ng Dios para sa kanila.

Sa loob ng anim na araw ang Israel ay lumibot sa lungsod. Dumating ang ikapitong araw, at sa simula ng pagsikat ng araw, ay isinaayos ni Josue ang mga hukbo ng Panginoon. Ngayon sila ay inatasang lumibot ng pitong beses sa Jerico, at sa malakas na pagtunog ng mga pakakak ay sisigaw ng may malakas na tinig sapagkat ang bayan ay ibinigay sa kanila ng Dios.

Ang malaking hukbo ay matahimik na lumibot sa nakatalagang mga pader. Ang lahat ay matahimik liban lamang sa yabag ng mga paa, at ang paminsan-minsang pagtunog ng pakakak, na bumabasag sa katahimikan ng madaling araw. Ang malalaking mga pader na buong mga bato ay tila nanlilibak sa pagsalakay ng tao. Ang mga nagmamasid sa mga pader ay nagmasid na may tumitinding mga takot, at, nang matapos ang unang pag-ikot, ay sumunod ang pangalawa, pangatlo, pang-apat, panglima, pang-anim. Ano kaya ang layunin ng mga pagkilos na ito? Anong makapangyarihang pangyayari ang napipinto? Kaunti na lamang ang kanilang ipaghihintay. Nang matapos ang ika-pitong pag-ikot, ang mahabang prosisyon ay hu- minto. Ang mga pakakak, na nagkaroon ng pagitan ng katahimikan, ngayon ay biglang tumunog ng malakas na nagpayanig sa lupa. Ang mga pader na puro bato, kasama ang matatayog na mga tore at mga kagamitang pangdigmaan ay nayanig at gumuho mula sa kanilang kinasasaligan, at wasak na bumagsak sa lupa. Ang mga naninirahan sa Jerico ay natigilan sa takot, at ang hukbo ng Israel ay nagmartsa papasok at sinakop ang bayan.

Hindi natamo ng mga Israelita ang tagumpay sa pamamagitan ng sarili nilang lakas; ang paglupig ay tanging dahil sa Panginoon; at bilang unang mga bunga ng lupain, ang bayan, at lahat ng nangaroon, ay itinalaga bilang hain ng Dios. Kinakailangang maisaisip ng Israel na sa pagsakop sa Canaan sila ay hindi kinakailangang lumaban
[577] para sa kanilang mga sarili, kundi bilang mga kasangkapan upang
[578] magsakatuparan ng kalooban ng Dios; hindi upang magtamo ng mga kayamanan o pagpaparangal sa sarili, kundi ang kaluwalhatian ni
[579] Jehova na kanilang Hari. Bago naganap ang pagbihag ang utos ay ibinigay, "Ang bayan ay matatalaga sa Panginoon, yaon at ang lahat na tumatahan doon." "Magsipag-ingat sa itinalagang bagay; baka pagka naitalaga na sa inyo ay kumuha kayo sa itinalagang bagay; sa gayo'y inyong ipasumpa ang kampamento ng Israel, at inyong bagabagin."

Ang lahat ng naninirahan sa bayan, kasama ng lahat ng may buhay na naroon, "ang lalaki at gayon din ang babae, ang binata at gayon din ang matanda, at ang baka, at ang tupa, at ang asno," ay pinatay. Ang sumampalataya lamang na si Rahab, kasama ng kanyang sambahayan, ang iniligtas, bilang katuparan ng pangako ng mga tiktik. Ang bayan ay sinunog; ang mga palasyo at mga templo, ang magagandang mga tirahan at lahat ng mga naroon, mamahaling mga kurtina at mga damit, ay sinunog. Yaong hindi masusunog ng apoy, "pilak, at ginto, at mga sisidlang bakal," ay itinalaga sa mga paglilingkod sa tabernakulo. Ang dakong kinaroonan ng bayan ay sinumpa; ang Jerico ay hindi na kailan man itatayo pang muli bilang isang kuta; hinatulan ang sinomang magtatangkang magtayo sa mga pader na binuwal ng Panginoon. Ang solemneng utos ay ipinahayag sa harap ng buong Israel, "Sumpain ang lalaki sa harap ng Panginoon, na magbabangon at magtatayo nitong bayan ng Jerico; kanyang inilagay ang katagang baon niyaon sa kamatayan ng kanyang panganay, at kanyang itatayo ang mga pintuang-bayan niyaon sa kamatayan ng kanyang bunso."

Ang lubos na pagpuksa sa mga taga Jerico ay isa lamang katuparan ng utos na ibinigay kay Moises tungkol sa mga naninirahan sa Canaan: "Iyong sasaktan sila; at lubos mo ngang lilipulin sila." Deuteronomio 7:2. "Sa mga bayan ng mga taong ito,...huwag kang magtitira ng may buhay sa anomang bagay na humihinga." Deuteronomio 20:16. Para sa marami ang mga utos na ito ay tila

labag sa espiritu ng pag-ibig at kaawaang ipinag-uutos sa ibang bahagi ng Biblia, subalit ang totoo ang mga iyon ay hatol ng walang hanggang karunungan at kabutihan. Itatatag na ng Dios ang Israel sa Canaan, upang magbangon sa kanila ng isang bayan at pamahalaan na magiging isang pagpapahayag ng Kanyang kaharian sa lupa. Hindi lamang sila magiging pawang tagapagmana ng tunay [580] na relihiyon, kundi upang magpalaganap ng mga prinsipyo noon sa buong mundo. Inihulog ng mga Canaanita ang kanilang mga sarili sa pinakamarumi at pinaka napakababababang hindi pagkilala sa Dios, at kinakailangang ang lupain ay malinis sa lahat ng tiyak na makahahadlang sa mabiyayang mga layunin ng Dios.

Ang mga naninirahan sa Canaan ay binigyan ng sapat na panahon upang makapagsisi. Apat na pung taon ang nakalipas, ang pagbubukas ng Dagat na Pula at ang mga kahatulan sa Ehipto ay nagpatotoo sa pagkamakapangyarihan sa lahat ng Dios ng Israel. At ngayon ang paglupig sa mga hari ng Madian, Galaad at Basan, ay lalo pang nagpahayag na si Jehova ay higit sa lahat ng mga Dios. Ang kabanalan ng Kanyang likas at pagkasuklam sa karumihan ay ipinahayag sa mga kahatulang pinarating sa Israel dahil sa kanilang pakikilahok sa kinasusuklamang mga pagsamba kay Baal-peor. Ang lahat ng pangyayaring ito ay batid ng mga naninirahan sa Jerico, at marami ang mayroong paniniwala tulad ng kay Rahab, bagaman sila ay tumangging sundan iyon, na si Jehova, ang Dios ng Israel, ay siyang "Dios sa itaas sa langit, sa ibaba sa lupa." Tulad sa mga tao bago ang baha, ang mga Canaanita ay nabubuhay lamang upang lapastanganin ang Langit at rumihan ang lupa. At kapwa ang pag-ibig at katarungan ay humihiling sa mabilis na pagpaparusa sa mga rebeldeng ito na laban sa Dios, at kalaban ng tao.

Madaling iginuho ng mga hukbo ng langit ang mga pader ng Jerico, ang palalong lungsod na iyon, na apat na pung taon bago iyon, ay kinatakutan ng mga tiktik! Sinabi ng Makapangyarihan sa Israel, "Aking ibinigay sa iyong kamay ang Jerico," Laban sa salitang iyon ay walang kapangyarihan ang lakas ng tao.

"Sa pananampalataya'y nangalagpak ang mga kuta ng Jerico." Hebreo 11:30. Ang Prinsipe ng hukbo ng Panginoon ay nakipag-ugnayan kay Josue; hindi Niya ipinahayag ang Kanyang sarili sa buong kapisanan, at nasa kanila na lamang kung sila ay maniniwala o mag-aalinlangan sa mga salita ni Josue, kung susunod sa mga

ipinag- uutos niya sa ngalan ng Panginoon, o kung tatanggihan ang kanyang kapangyarihan. Hindi nila nakikita ang hukbo ng mga anghel na tumutulong sa kanila sa ilalim ng pamumuno ng Anak ng Dios. Maaari sanang nagreklamo sila: "Anong ibig sabihin ng mga pagkilos na ito, anong kahibangan itong paglibot sa mga pader
[581] ng bayan araw-araw, at paghihip sa mga sungay ng lalaking tupa. Wala itong epekto sa nagtataasang mga moog na iyon." Subalit ang panukalang iyon ng pagsasagawa ng gano'ng seremonya sa mahabang panahon bago ang huling pagpapabagsak ng mga pader, ay nagbigay ng pagkakataon upang lumago ang pananampalataya ng mga Israelita. Kinakailangang matanim sa kanilang mga isip na ang kanilang kalakasan ay wala sa karunungan ng tao, ni sa kanyang lakas, kundi sa Dios lamang ng kanilang kaligtasan. Kaya't sila ay kinakailangang masanay sa gano'ng lubos na pagtitiwala sa Dios na kanilang Pinuno.

Ang Dios ay gagawa ng dakilang mga bagay para doon sa mga nagtitiwala sa Kanya. Ang dahilan kung bakit ang Kanyang nag-aangking bayan ay walang higit na lakas ay sapagkat gano'n na lamang ang kanilang sariling karunungan, at hindi binibigyan ang Panginoon ng pagkakataon na ihayag ang Kanyang kapangyarihan alang-alang sa kanila. Siya ay handang tumulong sa bawat pangangailangan sa Kanyang mga anak na nananalig, kung kanilang ilalagak ang buo nilang pagtitiwala sa Kanya, at tapat na susunod sa Kanya.

Di pa natatagalan matapos ang pagkaguho ng Jerico, ipinasya ni Josue na lumusob sa Ai, isang maliit na bayan malapit sa mga bangin ilang milya ang layo tungo sa kanluran ng lambak ng Jordan. Ang mga tiktik na sinugo sa dakong iyon ay nagulat na ang naninirahan doon ay kaunti lamang, at kaunting puwersa lamang ang kailangan upang iyon ay maibagsak.

Ang malaking pagtatagumpay na isinagawa ng Dios para sa kanila ay naging sanhi upang ang mga Israelita ay magtiwala sa sarili. Sapagkat Kanyang ipinangako sa kanila ang lupain ng Canaan, sila'y nakadama ng kaligtasan, at kinaligtaang mabatid na tanging ang tulong ng Dios lamang ang makapagbibigay sa kanila ng tagumpay. Maging si Josue ay gumawa ng kanyang panukala para sa pagsakop sa Ai, na hindi humingi ng payo mula sa Dios.

Ang mga Israelita ay nagsimulang magtanyag ng sarili nilang lakas, at tumingin na may paghamak sa kanilang mga kalaban. Isang madaling pagtatagumpay ang inaasahan, at inisip na sapat na ang tatlong libo upang sakupin ang dakong iyon. Ang mga ito ay nagmadaling sumalakay na walang katiyakan na ang Dios ay sasakanila. Sila ay nakalapit na halos sa mga pituang daan ng bayan, nang salubungin ng pinakamalakas na paglaban. Nagulat sa bilang at mahusay na paghahanda ng kanilang mga kalaban, sila ay nagsitakbo sa kalituhan tungo sa matarik na mga landas paibaba. Ang [582] mga Canaanita ay nag-init sa paghabol; "hinabol nila sila mula sa harap ng pintuang bayan,...at sinaktan sila sa babaan." Bagaman ang pag- katalo ay nakakasira ng loob ng buong kapisanan. "Ang mga puso ng mga tao ay nanglumo, at naging parang tubig." Ito ang kaunaunahang pagkakataon na kanilang nakasagupa ang mga Canaanita sa labanan, at kung pinatakbo ng mga nagtatanggol sa maliit na bayang ito, ano ang magiging resulta ng higit pang malaking mga pakikipaglaban sa harap nila? Tiningnan ni Josue ang kanilang pagkatalo bilang pag- papahayag ng hindi pagkalugod ng Dios, at sa matinding pagkabahala at pangamba "hinapak ni Josue ang kanyang mga suot, at nagpatirapa sa lupa sa harap ng kaban ng Panginoon hanggang sa kinahapunan, siya at ang mga matanda ng Israel; at sila'y nagsipagbuhos ng alabok sa kanilang ulo."

"Ay, Oh Panginoong Dios," sigaw niya, "bakit mo pinatawid ang bayang ito sa Jordan, upang Ibigay kami sa kamay ng mga Amorrheo, na ipalipol kami?...Oh Panginoon, anong aking sasabihin pagkatapos na ang mga anak ng Israel ay makatalikod sa harap ng kanilang mga kaaway! Sapagkat mababalitaan ng mga Cananeo at ng lahat na nananahan sa lupain, at kami ay kukubkubin at ihihiwalay ang aming pangalan sa lupa: at ano ang Iyong gagawin sa Iyong dakilang pangalan?"

Ang sagot mula kay Jehova ay, "Bumangon ka; bakit ka nagpatirapa ng ganito? Ang Israel ay nagkasala...kanilang sinalangsang din ang Aking tipan na Aking iniutos sa kanila." Panahon iyon para sa mabilis at may kapasyahang pagkilos, at hindi sa kawalan ng pag-asa at panaghoy. Mayroong lihim na kasalanan sa kampamento, at iyon ay kinakailangang matuklasan at maihiwalay, bago mapasa kanyang bayan ang presensya at pagpapala ng Panginoon. "Ako'y

hindi na sasainyo pa, maliban sa inyong sirain ang itinalagang bagay sa gitna ninyo."

Ang utos ng Dios ay sinalangsang ng isa sa mga itinalaga upang magsakatuparan ng kanyang mga hatol. At ang bansa ay nananagot dahil sa kasalanan ng nagkasala: "Sila'y kumuha rin sa itinalagang bagay, at nagnakaw rin, at nagbulaan din." Si Josue ay binigyan ng tagubilin para sa paghuli at pagpaparusa sa kriminal. Ang pagsasapalaran ay gagamitin upang malaman ang nagkasala. Ang nagkasala ay hindi kaagad inihayag, ang bagay na iyon ay iniwang
[583] lihim sa ilang panahon, upang madama ng mga tao ang kanilang responsibilidad sa kasalanang nasa kanilang kalagitnaan, at maakay sa pagsasaliksik ng mga puso, at pagpapakumbaba sa harap ng Dios.

Maaga pa nang kinaumagahan, tinipon ni Josue ang bayan ayon sa kanilang mga lipi at ang solemne at makabagbag pusong seremonya ay sinimulan. Hakbang-hakbang ang imbestigasyon ay nagpatuloy. Palapit ng palapit ang nakakapangambang pagsubok. Una ay ang lipi, sunod ang sambahayan, at sunod ay kinuha ang lalaki, at si Achan na anak ni Carmi, sa lipi ni Juda ay inihayag ng daliri ng Dios na siyang naghatid ng suliranin sa Israel.

Upang matiyak ang kanyang kasalanan ng walang pagdududa, upang hindi masabing siya ay hinatulan sa hindi makatarungang paraan, tahimik na tinanong ni Josue si Achan upang aminin ang katotohanan. Ipinagtapat ng kaawaawang lalaki ang buo niyang kasalanan: "Sa katotohanan ay nagkasala ako laban sa Panginoon, sa Dios ng Israel.... Nang aking makita sa samsam ang mainam na balabal na yaring Babilonia, at ang dalawang daang siklong pilak, at ang isang dila ng ginto, na limampung siklo ang timbang, at akin ngang inimbot, at aking kinuha; at, narito, nangakakubli sa lupa sa gitna ng aking tolda." Ang mga sugo ay kaagad pinapunta sa tolda, kung saan kanilang binungkal ang lupa sa dakong binanggit, at "narito, nakakubli sa kanyang tolda, at ang pilak ay nasa ilalim niyaon. At kanilang kinuha sa gitna ng tolda, at dinala kay Josue...at kanilang inilapag sa harap ng Panginoon."

Ang hatol ay ipinataw at kaagad isinakatuparan. "Bakit mo kami binagabag? babagabagin ka sa araw na ito ng Panginoon." Kung paanong ang bayan ay nanagot sa kasalanan ni Achan, at nagdusa dahil sa bunga noon, sila ngayon sa pamamagitan ng kanilang mga

kinatawan, ay makikibahagi sa pagpaparusa noon. "Binato siya ng mga bato ng buong Israel."

At sa ibabaw niya ay nagkaroon ng isang malaking patas ng mga bato, isang patotoo sa kasalanan at sa kaparusahan noon. "Kaya't ang pangalan ng dakong iyon ay tinawag na ang libis ng Achor," ibig sabihin ay "bagabag." Sa aklat sa Mga Cronica ay nasulat ang kanyang alaala, "Achar, na mangbabagabag ng Israel." 1 Cronica 2:7.

Ang kasalanan ni Achan ay isinagawa na isang pagsalangsang sa isang hayag at solemneng babala at pinakamakapangyarihang pag- papahayag ng kapangyarihan ng Dios. "Magsipag-ingat sa itinalagang bagay; baka pagka naitalaga na sa inyo ay kumuha kayo sa itinalagang bagay," ay ipinahayag sa buong Israel. Ang utos [584] ay ibinigay matapos ang mahiwagang pagtawid sa Jordan, at ang pagkilala sa tipan ng Dios sa pamamagitan ng pagtutuli sa bayan—pagkatapos ng pangi- ngilin ng Paskua, at ang pagpapakita ng Angel ng tipan, ang Prinsipe ng Hukbo ng Panginoon. Iyon ay sinundan ng pagkabagsak ng Jerico, nagbibigay ng katibayan sa pagkawasak na tiyak na darating sa lahat ng sumasalangsang sa kautusan ng Dios. Ang katotohanan na ang kapangyarihan lamang ng Dios ang nagbigay ng pagtatagumpay sa Israel, na hindi nila nasakop ang Jerico sa pamamagitan ng sarili nilang lakas, ay nagdulot ng solemneng katindihan ng pagbabawal sa kanila sa pagkuha sa mga samsam. Ang Dios sa pamamagitan ng lakas ng sarili Niyang salita, ang nagpabagsak sa kutang iyon; at ang pagkapanalo ay Kanya, at sa Kanya lamang ang bayan at ang lahat ng naroroon kinakailangang maitalaga.

Mula sa milyun-milyong mga Israelita ay mayroon lamang isang lalaki, na sa solemneng oras na iyon ng pagtatagumpay at ng kahatulan, ay nangahas sumalangsang sa ipinag-utos ng Dios. Ang kanyang pag-iimbot ay nakilos ng pagkakita sa mamahaling balabal ng Shimnar; maging ng siya ay inihatid noon sa harap ng kamatayan iyon ay tinawag niyang "mainam na balabal na yaring Babilonia." Ang isang kasalanan ay nag-akay tungo sa iba pa, at kumuha siya ng ginto at ng pilak na nakatalaga sa kabangyaman ng Panginoon, ninakawan niya ang Dios ng mga unang bunga ng lupain ng Canaan.

Ang nakamamatay na kasalanan na naghatid sa pagkapahamak ni Achan ay nagmula sa pag-iimbot, sa lahat ng kasalanan ay isa sa

pinakapangkaraniwan at pinaka hindi gaanong napapansin. Samantalang ang ibang mga pagsalangsang ay iniimbestigahan at pinaparusahan, bihira lamang ang pagsalangsang sa ikasampung utos higit na tumatawag ng pagbabawal. Ang katindihan ng kasalanang ito, at ang kilabot na ibinubunga nito ang mga aral sa kasaysayan ni Achan.

Ang pag-iimbot ay isang kasamaan na unti-unting nabubuo. Inibig ni Achan ang pakinabang hanggang sa iyon ay naging kanyang ugali, binigkis siya ng mga tanikala na imposibleng maputol. Samantalang pinagyayaman ang kasalanang ito, dapat sana ay kinatakutan niya ang kaisipan ng paghahatid ng kapahamakan sa Israel; subalit ang kanyang mga pang-unawa ay pinatay na ng kasalanan, at nang ang tukso ay dumating, siya ay madaling nahulog na isang biktima.

[585] Hindi ba't ang ganong mga kasalanan ay nagagawa pa rin, sa kabila ng mga babalang taimtim at malinaw? Tayo ay hayagang binabawalang mag-imbot gaya ng ginawa ni Achan upang angkinin ang mga samsam sa Jerico. Iyon ay ipinahayag ng Dios na isang pagsamba sa diyus-diyusan. Tayo ay binabalaan, "Hindi kayo makapaglilingkod sa Dios at sa mga kayamanan." Mateo 6:24. "Mangagmasid kayo, at kayo'y mangag-ingat sa lahat ng kasakiman." Lucas 12:15. "Huwag man lamang masambit sa inyo." Efeso 5:3. Nasa harap natin ang nakapanghihilakbot na kamatayan ni Achan, ni Judas, nina Ananias at Safira. Sa likod ng lahat ng mga ito nariyan ang kasaysayan ni Lucifer, ang "anak ng umaga," na, nag-imbot sa higit na mataas na kalagayan, ay pangwalang hanggang nawalan ng liwanag at kagandahan ng langit. At gano'n pa man, sa kabila ng lahat ng mga babalang ito, ang pag-iimbot ay lumalaganap.

Sa lahat ng dako ang malansa nitong pinagdaanan ay nababakas. Ito'y lumilikha ng hindi pagkasiya at hindi pagkakasundo sa mga tahanan; lumilikha ito ng inggit at galit ng mahihirap laban sa mayayaman; ito ang nag-uudyok ng mahigpit na pang-aapi ng mga mayaman sa mga mahihirap. At ang kasamaang ito ay nasusumpungan hindi lamang sa sanlibutan, kundi gano'n din sa iglesia. Pangkaraniwang nakikita rin dito ang kasakiman, katakawan, pandaraya; paglimot sa kawang-gawa, at pagnanakaw sa Dios "sa mga ikasampung bahagi at sa mga handog." Sa mga ka-anib ng iglesia na nasa "mabuti at regular na kalagayan," mayroon, ay! maraming mga Achan. Maraming mga lalaking dumarating na makisig sa iglesia, at

nauupo sa hapag ng Panginoon, samantalang kabilang ng kanyang mga ari- arian ay mga natatagong mga kinitang labag sa batas, mga bagay na isinumpa ng Dios. Dahil sa isang mabuting balabal na yari sa Babilonia, isinasakripisyo ng marami ang pagsang-ayon ng konsensya at ang kanilang pag-asa sa langit. Ipinagpapalit ng marami ang kanilang pagkamatapat, at ang kanilang mga kakayanan sa kapakinabangan, sa isang buslo ng mga pilak na salapi. Ang mga iyak ng naghihirap na mga pulubi ay hindi naririnig; ang liwanag ng ebanghelyo ay hindi nakapagpapatuloy sa kanyang landasin; ang paglilibak ng mga taga mundo ay pinasisiklab ng mga gawain na nagbibigay ng kasinu- ngalingan sa pinapanggap ng mga Kristiano; at gano'n pa man ang mapag-imbot na nag-aangking Kristiano ay patuloy na nag-iimbak ng mga kayamanan. "Nananakawan baga ng tao ang Dios? Gayon may nananakawan ninyo Ako" (Malakias 3:8), wika ng Panginoon. [586]

Ang kasalanan ni Achan ay naghatid ng pinsala sa buong bayan. Dahil sa kasalanan ng isang tao, ang hindi pagkalugod ng Dios ay mapapasa Kanyang iglesia hanggang sa ang kasalanang iyon ay nasi- yasat at naalis. Ang impluwensya na higit na kinakailangang katakutan ng iglesia ay hindi ang mga hayagang pagsalungat, mga hindi suma- sampalataya, mga lapastangan, kundi ang mga hindi tapat na nag- aangking mga Kristiano. Ang mga ito ang nagpapapigil sa mga pagpapala ng Dios ng Israel, at naghahatid ng kahinaan sa Kanyang bayan.

Kapag ang iglesia ay nasa kahirapan, kapag mayroong kalamigan at pagbaba ng espirituwalidad, kung kaya't ang mga kaaway ng Dios ay nagkakaroon ng pagtatagumpay, mangyaring ang mga kaanib noon ay magtanong kung walang Achan sa kampamento. May pagpapa- kumbaba at pagsisiyasat ng puso, sikapin ng bawat kaanib na ma- tuklasan ang mga natatagong mga kasalanan na hindi nagpapatuloy sa presensya ng Dios.

Inamin ni Achan ang kanyang kasalanan, subalit iyon ay noong huli na ang lahat upang ang pag-amin ay makabuti pa para sa kanya. Nakita niyang ang mga hukbo ng Israel ay bumalik mula sa Ai na natalo at nasiraan ng loob; gano'n pa man hindi siya humarap at ipinagtapat ang kanyang kasalanan. Nakita niya si Josue at ang mga matanda sa Israel na nagpatirapa sa labis na kalungkutan na hindi mabigkas ng salita. Kung sa pagkakataong iyon sana siya

ay nag- pahayag ng kanyang kasalanan, nakapagbigay sana siya ng katibayan sa tunay na pagsisisi; subalit nanatili pa rin siyang tahimik. Napa- kinggan niya ang pahayag na isang malaking kasalanan ang nagawa, at narinig pa ang likas noon na malinaw na inihayag. Subalit ang kanyang mga labi ay nasarahan. At dumating ang solemneng imbes- tigasyon. Ang kanyang kaluluwa ay nanginig sa takot nang ang kanyang lipi ay napili, matapos iyon ay ang kanyang pamilya at ang kanyang sambahayan! Subalit hindi pa rin siya nagpahayag ng kanyang kasalanan, hanggang sa ang daliri ng Dios ay itinuro sa kanya. At, nang ang kanyang kasalanan ay hindi na maikukubli, tinanggap niya ang katotohanan.

Mayroong malaking pagkakaiba ang pagtanggap sa katotohanan matapos na ang mga iyon ay mapatunayan, at sa pagpapahayag ng kasalanan na ang ating mga sarili lamang at ang Dios ang nakakaalam. Si Achan ay hindi rin sana nagpahayag ng kasalanan
[587] kung hindi lang sa dahilang umasa siya na baka maaaring mapawi ang bunga ng kanyang kasalanan. Subalit ang kanyang pagpapa- hayag ng kasalanan ay nagsilbi lamang na katibayan na ang parusa sa kanya ay maka- tarungan. Hindi nagkaroon ng tunay na pagsisisi sa kasalanan, walang pagkalungkot, walang pagbabago ng layunin, walang pagkasuklam sa kasamaan.

Gano'n din naman ang pagpapahayag ng kasalanan ng mga may sala kapag sila ay humarap sa hukuman ng Dios, matapos na ang bawat usapin ay napagpasyahan ukol sa buhay o sa kamatayan. Ang kaparusahang darating sa kanya ang kukuha mula sa bawat isa ng pag-amin sa kanila sa kanyang kasalanan. Iyon ay pipigain mula sa kaluluwa sa pamamagitan ng takot na pagkadama sa kaparusahan at isang takot na pagtingin sa paghukom. Subalit ang gano'ng pagpa- pahayag ng kasalanan ay hindi makapagliligtas sa makasalanan.

Hanggang sa hindi nila inihahayag ang kanilang kasalanan sa kanilang kapwa, marami, ang tulad ni Achan, ang nakadaramang ligtas, at nililoko ang kanilang sarili na ang Dios ay hindi magiging mahigpit sa pagkilala sa kasalanan. At kapag huli na ang lahat sila ay masusumpungan ng kanilang mga kasalanan kapag sila ay hindi na malilinis ng hain o handog magpakailan pa man. Kapag ang mga talaan ng langit ay mabuksan, hindi ipapahayag ng hukom sa tao sa pamamagitan ng mga salita, ang kanyang mga kasalanan, sa halip ay susulyap ng isang tumatagos, at nakahihikayat na tingin, at bawat

gawa, bawat pakikiugnay sa buhay, ay malinaw na ipakikita sa alaala ng nagkasala. Ang taong iyon ay hindi na tulad sa panahon ni Josue na hahanapin pa mula sa lipi, subalit ang sarili niyang mga labi ang magpapahayag ng kanyang kahihiyan. Ang mga kasalanang natago mula sa kaalaman ng tao o sa panahong iyon ay maipapahayag sa buong mundo. [588]

# Kabanata 46—Ang mga Pagpapala at ang mga Sumpa

Ang kabanatang ito ay batay sa Josue 8.

Matapos isakatuparan ang hatol kay Achan, si Josue ay inutusang ihanda ang lahat ng mandirigma, at muling sumalakay sa Ai. Ang kapangyarihan ng Dios ay sumasa Kanyang bayan, at kaagad nilang nasakop ang bayan.

Ngayon ay ipinatigil ang lahat ng mga gawain ng sandatahan, upang ang buong Israel ay makilahok sa isang solemneng pagpupulong ukol sa relihiyon. Ang bayan ay sabik nang magkaroon ng matitirhan sa Canaan; sapagkat wala pa rin silang mga bahay o lupa para sa kanilang mga sambahayan, at upang magkaroon ng mga ito kinakailangang mapaalis muna nila ang mga Cananeo; subalit ang mahalagang gawaing ito ay kinakailangang ipagpaliban, alang-alang sa isang higit na mahalagang tungkulin na kinakailangang unahin.

Bago maangkin ang kanilang mana, kinakailangang panibaguhin nila ang kanilang tipan ng pagtatapat sa Dios. Sa huling mga tagubilin ni Moises dalawang beses ipinag-utos na magkaroon ng pagtitipon ang mga lipi sa mga bundok ng Ebal at Gerizim, sa Sichem, para sa solemneng pagkilala sa kautusan ng Dios. Bilang pagsunod sa mga tagubiling ito, ang buong bayan, hindi lamang ang mga lalaki, kundi pati "ang mga babae, at ang mga bata, at ang mga taga ibang lupa na nakikipamayan sa kanila," ay umalis sa kanilang kampamento sa Gilgal, at nagmartsa sa lupain ng kanilang mga kaaway, tungo sa libis ng Sichem, malapit sa kalagitnaan ng lupain. Bagaman napaliligiran ng mga hindi pa nalulupig na mga kalaban, sila ay ligtas sa ilalim ng pag-iingat ng Dios habang sila ay nagtatapat sa Kanya. Ngayon, tulad noong mga araw ni Jacob, "ang isang malaking sindak mula sa Dios ay sumabayan na nasa mga palibot nila," (Genesis 35:5) at ang mga Hebreo ay hindi ginambala.

Ang lugar na pinili para sa solemneng serbisyong ito ay isang datihan nang banal dahil sa kaugnayan nito sa kasaysayan ng kani-

lang mga ama. Dito si Abraham nagtayo ng unang dambana ukol kay Jehova sa lupain ng Canaan. Dito kapwa si Abraham at si Jacob ay nagtayo ng kanilang mga tolda. Dito si Jacob ay bumili ng lupa [589] kung saan ililibing ng mga lipi ang labi ni Jose. Narito rin ang balon na hinukay ni Jacob, at ang puno ng encina kung saan inilibing ni Jacob ang mga diyus-diyusan ng kanyang sambahayan.

Ang dakong pinili ay isa sa pinakamaganda sa buong Palestina, at angkop upang maging dulaan kung saan ang malaki at makapukaw-damdamin na tagpo ay isasagawa. Ang kaibig-ibig na mga lambak, ang mga luntiang parang ng mga iyon na kinaroroonan ng mga puno ng olivo, na dinidilig ng mga sapa mula sa mga buhay na mga bukal, at napapalamutian ng ligaw na mga bulaklak, na kaakit-akit ang pagkakalat sa pagitan ng tigang na mga burol. Ang Ebal at ang Gerizim na nasa magkabilang panig ng lambak, at halos magkadikit, ang mababa nilang bahagi ay tila nag-ayos ng isang pulpito, ang bawat salitang binibigkas sa kabila ay dinig na dinig sa kabila, samantalang ang mga tabi ng kabundukan, na paibaba, ay nagbibigay ng malawak na lugar para sa isang malaking kapulungan.

Ayon sa ipinag-utos ni Moises, isang bantayog ng malalaking mga bato ang itinayo sa Bundok ng Ebal. Sa mga batong ito, na dati nang inihanda at binalot ng pamasta, ang kautusan ay isinulat—hindi lamang ang sampung utos na binanggit mula sa Sinai at iniukit sa mga tapyas ng bato, kundi pati ang mga kautusang pinarating kay Moises, at kanyang isinulat sa isang aklat. Sa tabi ng bantayog na ito ay nagtayo ng isang dambana na batong hindi tinabas, kung saan ang mga hain ay inihandog sa Panginoon. Ang katotohanan na ang dambana ay itinayo sa Bundok ng Ebal, ang bundok na kung saan ang sumpa ay inilagay, ay makahulugan, ipinababatid na dahil sa kanilang mga pagsalangsang sa kautusan ng Dios, marapat lamang na ang Israel ay Kanyang kagalitan, at iyon ay kinakailangang kaagad maparusahan, kung hindi dahil sa pagtubos ni Kristo na kinakatawanan ng dambana ng hain.

Anim sa mga lipi—na lahat ay nagmula kay Leah at kay Raquel—ay inilagay sa bundok ng Gerizim; samantalang iyong mga nagmula sa mga alilang babae kasama ang Ruben at Zebulun ay pumuwesto sa Bundok ng Ebal, ang mga saserdote na may dala sa kaban ay nasa lambak sa gitna nila. Ipinag-utos ang katahimikan sa pamamagitan ng hudyat ng pakakak; sa malalim na katahimikan, at sa presensya

ng malaking kapulungang ito, si Josue, ay tumindig sa tabi ng banal na kaban at binasa ang mga pagpapalang darating sa pagsunod sa
[590] mga kautusan ng Dios. Ang lahat ng mga lipi na nasa Gerizim ay sumagot ng Amen. At kanyang binasa ang mga sumpa, at ang mga lipi na nasa Ebal sa gano'n ding paraan ay nagbigay ng pagsang-ayon, at libu- libong mga tinig ang nagkaisa na parang tinig ng isang tao sa solemneng pagsagot. Kasunod nito ay ang pagbasa ng kautusan ng Dios, kasama ang mga tuntunin at ang mga kahatulan na ibinigay kay Moises.

Tinanggap ng Israel ang kautusan mula sa bibig ng Dios sa Sinai; at ang mga banal na utos, na isinulat ng Kanyang sariling mga kamay, ay naiingatan pa rin sa kaban. Ngayon iyon ay muling isinulat kung saan iyon ay mababasa ng lahat. Ang lahat ay nagkaroon ng karapatang makita para sa kanilang mga sarili ang mga kondisyon ng tipan na sa ilalim noon ay kanilang aariin ang Canaan. Ang lahat ay kinakailangang magpahayag ng kanilang pagtanggap sa mga kondisyon ng tipan, at magbigay ng kanilang pagsang-ayon sa mga pagpapala o mga sumpa kung iyon ay susundin o kakaligtaan. Ang kautusan ay hindi lamang isinulat sa mga batong pang-alaala, iyon ay binasa ni Josue sa pakinig ng buong Israel. Marami nang mga linggo ang lumipas mula nang ibigay ni Moises ang buong aklat ng Deuteronomio sa pagpapahayag sa bayan, gano'n pa man ngayon ay muling binasa ni Josue ang kautusan.

Hindi lamang ang mga lalaki ng Israel, kundi pati "ang mga babae, at ang mga bata" ay nakinig sa pagbasa ng kautusan; sapagkat mahalaga na kanila ring malaman at isakatuparan ang kanilang tungkulin. Ipinag-utos ng Dios tungkol sa Kanyang mga tuntunin: "Inyong ilalagak itong Aking mga salita sa inyong puso, at sa inyong kaluluwa; at inyong itatali na pinakatanda sa inyong kamay at magiging pinakatali sa inyong noo. At inyong ituturo sa inyong mga anak,...upang ang inyong mga araw ay dumami at ang mga araw ng inyong mga anak, sa lupain na isinumpa ng Panginoon sa inyong mga magulang na ibinigay sa kanila, gaya ng mga araw ng langit sa ibabaw ng lupa." Deuteronomio 11:18-21.

Tuwing ika-pitong taon ang buong kautusan ay kinakailangang basahin sa kapulungan ng buong Israel, ayon sa ipinag-utos ni Moises: "Sa katapusan ng bawat pitong taon, sa takdang panahon ng taon ng pagtubos, sa kapistahan ng mga balag, pagdating ng buong

Israel upang pakita sa harap ng Panginoon mong Dios sa dakong
Kanyang pipiliin, ay iyong babasahin ang kautusang ito sa harap
ng buong Israel sa kanilang pakinig. Pisanin mo ang bayan, ang [591]
mga lalaki at mga babae at mga bata, at ang iyong taga ibang lupa [592]
na nasa loob ng iyong mga pintuang daan, upang kanilang marinig,
at upang kanilang pag-aralan, at matakot sa Panginoon mong Dios, [593]
at isagawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito; at upang ang kanilang mga anak, na hindi nakakilala ay makarinig at mag-aral na matakot sa Panginoon ninyong Dios, habang kayo'y nabubuhay sa lupain na inyong pinaroroonan, na inyong itinatawid ng Jordan upang ariin." Deuteronomio 31:10-13.

Si Satanas ay patuloy na gumagawa at sinisikap na sirain ang sinalita ng Dios, upang bulagin ang isip at diliman ang unawa, at nang sa gano'n ay maakay ang tao tungo sa kasalanan. Ito ang dahilan kung bakit ang Dios ay gano'ng malinaw, ginagawang maliwanag ang Kanyang mga utos upang walang sino mang magkamali. Patuloy na sinisikap ng Dios na mapalapit ang tao sa ilalim ng Kanyang pag- iingat, upang hindi ni Satanas maisakatuparan ang kanyang malupit, at mapandayang kapangyarihan sa kanila. Siya ay bumaba upang magsalita sa kanila sa pamamagitan ng sarili Niyang tinig, upang isulat sa pamamagitan ng sarili Niyang kamay ang mga batas ng pamumuhay. At ang mapalad na mga salitang ito, na lahat ay pawang puno ng buhay at nagniningning sa katotohanan, ay itinagubilin sa tao bilang isang sakdal na patnubay. Sapagkat si Satanas ay handang maglayo ng isip at mag-alis ng pag-ibig sa mga pangako at mga utos ng Panginoon, higit na pagsisikap ang kailangan upang mapanatili ang mga iyon sa isip at maitanim sa puso.

Higit na panahon ang kinakailangang ipagkaloob ng mga guro ng relihiyon sa pagtuturo sa mga tao ng mga katotohanan at aral ng banal na kasaysayan at ng mga babala at kautusan ng Panginoon. Ang mga ito ay kinakailangang ihayag sa simpleng mga salita, angkop sa pag-unawa ng mga bata. Kinakailangang maging bahagi ng gawain kapwa ng mga ministro at ng mga magulang ang matiyak na ang mga kabataan ay natuturuan sa Kasulatan.

Magagawa at kinakailangang gawin ng mga magulang na akitin ang mga bata sa iba't ibang kaalaman na nasusumpungan sa banal na aklat. At kung kanilang aakitin ang kanilang mga anak na lalaki

at mga babae sa salita ng Dios, kinakailangang sila rin ay naakit na noon. Kinakailangang alam nila ang mga itinuturo noon, at, gaya ng iniutos ng Dios sa Israel, magsalita tungkol doon, "pagka
[594] ikaw ay nauupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumalakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga, at-pagka ikaw ay bumabangon." Deuteronomio 11:19. Yaong mga nagnanais na ang kanilang mga anak ay umibig at gumalang sa Dios, ay kinakailangang magsalita ng tungkol sa Kanyang kabutihan, Kanyang kadakilaan, at Kanyang kapangyarihan, na nahahayag sa Kanyang salita at sa mga gawa ng paglalang.

Ang bawat kapitulo at bawat talata ng Biblia ay isang pakikipag-ugnayan sa tao mula sa Dios. Kinakailangang itali natin ang mga itinuturo noon na parang mga tanda sa ating mga kamay, at bilang mga tanda sa pagitan ng ating mga mata. Kung pag-aaralan at susundan, aakayin noon ang bayan ng Dios, kung paanong inakay ang mga Israelita, sa pamamagitan ng haliging ulap kung araw, at
[595] haliging apoy kung gabi.

# Kabanata 47—Ang Pakikilakip sa mga Gabaonita

Ang kabanatang ito ay batay sa Josue 9 at 10.

Mula sa Sichem ang mga Israelita ay bumalik sa kanilang kampamento sa Gilgal. Dito ay dinatnan sila ng isang di kilalang lupon ng mga sugo, na nagnanais makipagkasunduan sa kanila. Ang mga kinatawan ay nagsabing sila ay galing pa sa isang malayong lupain, at ito ay tila pinatutunayan ng kanilang hitsura. Ang kanilang damit ay luma at punit, ang kanilang mga pangyapak ay pudpod, at ang kanilang mga tinapay ay inaamag, at ang mga balat na nagsilbing sisidlan ng alak ay punit at may mga buhol, na tila madaliang inayos samantalang naglalakbay.

Sa kanilang malayong tahanan—na sinabing nasa labas ng hangganan ng Palestina—narinig ng kanilang mga kababayan, wika nila, ang mga kahangahangang bagay na ginawa ng Dios para sa Kanyang bayan, kaya't sila'y sinugo upang pumasok sa isang pakikipaglakip. Ang mga Hebreo ay binabalaan sa pakikilakip sa mga taga Canaan na sumasamba sa mga diyus-diyusan, at isang pagdududa sa katotohanan ng mga sinalita ng mga dayuhan ang bumangon sa isip ng mga pinuno. "Marahil kayo'y nananahang kasama namin," wika nila. At ito ay sinagot lamang ng mga sugo, "kami ay iyong mga lingkod." Subalit nang tuwirang itanong ni Josue, "Sino kayo? at mula saan kayo?" Inulit nila ang una nilang ipinahayag, at idinagdag, bilang patotoo sa kanilang pagkamatapat, "Itong aming tinapay ay kinuha naming mainit na pinakabaon namin mula sa aming mga bahay nang araw na kami ay lumabas na patungo sa inyo; ngunit ngayon, narito, tuyo at inaamag: at ang mga sisidlang balat na alak na ito na aming pinuno ay bago; at, narito, mga hapak: at itong aming bihisan at aming mga pangyapak ay naluma dahil sa totoong mahabang paglalakbay."

Ang mga pagpapahayag na ito ay nanaig. Ang mga Hebreo ay "hindi humingi ng payo sa bibig ng Panginoon. At si Josue ay nakipagpayapaan sa kanila at nakipagtipan sa kanila, na pabayaan

[596] silang mabuhay: at ang mga prinsipe ng kapisanan ay sumumpa sa kanila." Kaya't nagkaroon ng tipanan. Makalipas ang tatlong araw ang katotohanan ay nahayag. "Kanilang nabalitaan na sila'y kanilang kalapit bayan, at sila'y nananahang kasama nila." Sa pagkaalam na imposibleng lumaban sa mga Hebreo, ang mga Gabaonita ay gumamit ng panlilinlang upang mailigtas ang kanilang mga buhay.

Galit na galit ang mga Israelita nang kanilang malaman ang naging panlilinlang sa kanila. At ito ay tumindi nang, makalipas ang tatlong araw na paglalakbay, sila ay nakarating sa mga bayan ng mga Gabaonita, na malapit sa sentro ng lupain. "Inupasala ng buong kapisanan ang mga prinsipe;" subalit ang mga prinsipe ay tumangging sirain ang tipanan, bagaman iyon ay nakamtan sa pamamagitan ng pagsisinungaling, sa dahilang sila ay "sumumpa sa kanila sa Pangalan ng Panginoon, ng Dios ng Israel." "At hindi sila sinaktan ng mga anak ni Israel." Ang mga Gabaonita ay nangakong itatakwil na nila ang pagsamba sa mga diyus-diyusan, at tatanggapin ang pagsamba kay Jehova at ang pagliligtas sa kanilang buhay ay hindi naging pag- labag sa utos ng Dios na patayin ang lahat ng mga taga Canaan na sumasamba sa mga diyus-diyusan. Kaya't ang mga Hebreo sa pamamagitan ng kanilang panunumpa ay nakamtan sa pamamagitan ng panlilinlang, iyon ay hindi kinakailangang mabaliwala. Ang tungkulin na ipinangako ng isa sa pamamagitan ng kanyang salita—kung iyon ay hindi naman nag-uutos sa kanyang gumawa ng kasalanan—ay kinakailangang ituring na banal. Walang pagpapahalaga sa pakinabang, paghihiganti, o pangsariling kapakinabangan, sa anomang paraan ay hindi maaaring maging dahilan upang mapawalang bisa ang isang panata o pangako. "Mga sinungaling na labi ay kasuklam-suklam sa Panginoon." Kawikaan 12:22. Ang "aahon sa bundok ng Panginoon," at "tatayo sa Kanyang dakong banal," ay yaong "sumusumpa sa kanyang sariling ikasasama at hindi nagbabago." Mga Awit 24:3; 15:4.

Ang mga Gabaonita ay pinahintulutang mabuhay, subalit inilakip bilang mga alipin sa santuwaryo, sa lahat ng hamak na mga gawain. "At ginawa sila ni Josue nang araw na yaon na mga mamumutol ng kahoy at mga mananalok ng tubig sa kapisanan, at sa dambana ng Panginoon." Ang mga kondisyong ito ay malugod nilang tinanggap, batid na sila ay nagkasala, at galak na bayaran ang buhay sa ano mang paraan. "Narito, kami ay nasa iyong kamay," wika nila kay

Josue; "Kung ano ang inaakala mong matuwid at mabuti na gawin sa amin ay gawin mo." Sa loob ng maraming daang taon ang kanilang [597] mga inanak ay nakaugnay sa paglilingkod sa santuwaryo.

Ang nasasakupan ng mga Gabaonita ay binubuo ng apat na mga bayan. Ang mga tao ay wala sa ilalim ng isang hari, sa halip ay pinamamahalaan ng mga matanda, o mga senador. Ang Gabaon, na pinakamahalaga sa kanilang bayan, "ay malaking bayan na gaya ng isa sa mga bayan ng hari," "at ang lahat ng mga lalaki roon ay mga makapangyarihan." Iyon ay isang malinaw na patotoo tungkol sa takot na inihatid ng mga Israelita sa mga naninirahan sa Canaan, na ang mga tao sa gano'ng bayan ay napilitang humarap sa gano'ng kahihiyan iligtas lamang ang kanilang mga buhay.

Subalit naging pinaka mabuti sana para sa mga Gabaonita kung sila ay matapat na nakipag-ugnayan sa Israel. Bagamat ang kanilang pagpapasakop kay Jehova ay nagligtas sa kanilang mga buhay, ang kanilang panlilinlang ay naghatid sa kanila ng kahihiyan at pagkaalipin. Ang Dios ay nagbigay ng kondisyon na ang lahat na tatalikod sa pagsamba sa mga diyus-diyusan, at makikilakip sa Israel, ay kinakailangang makabahagi sa mga pagpapala ng tipan. Sila ay kabilang sa katagang, "taga ibang bayan na nakikipamayan sa inyo," at liban lamang sa kaunting mga bagay ang grupong ito ay mayroong ka- tumbas na pagpapaunlak at mga karapatan tulad ng Israel. Ang utos ng Panginoon ay—

"Kung ang isang taga ibang bayan ay nakikipamayan na kasama ninyo sa inyong lupain, ay huwag ninyong gagawan ng masama. Ang taga ibang bayan na nakikipamayan na kasama ninyo, ay inyong aariing tubo sa lupain, at iibigin ninyo na gaya ng sa inyong sarili." Levitico 19:33, 34. Tungkol sa Paskua at sa mga handog na mga hain ay ipinag-utos, "isang palatuntunan sa inyo, at sa taga ibang bayan na nakikipamayan sa inyo:...kung paano kayo, ay magiging gayon din ang taga ibang bayan sa harap ng Panginoon." Mga Bilang 15:15.

Iyon sana ang naging batayan ng pagtanggap sa mga Gabaonita, kung hindi dahil sa panlilinlang na kanilang ginawa. Hindi isang magaang kahihiyan para sa mga mamayan ng isang "bayan ng hari," "at lahat na lalaki roon ay mga makapangyarihan," upang maging mga taga putol ng kahoy at taga kuha ng tubig sa lahat ng kanilang mga lahi. Subalit kanilang tinanggap ang damit ng karukhaan sa

layuning manlinlang, at iyon ay ikinapit sa kanila bilang tanda ng pagkaalipin sa habang panahon. Kaya't sa lahat ng kanilang mga
[598] lahi, ang kanilang pagkaalipin ay nagpapatotoo sa pagkagalit ng Dios sa kasinungalingan.

Ikinabagabag ng mga hari sa Canaan ang naging pagpapasakop ng mga hari sa Canaan. Ang mga hakbang ay kaagad isinagawa upang parusahan yaong mga nakipagpayapaan sa mga dayuhan. Sa pamu- muno ni Adonizedec, hari ng Jerusalem, limang hari sa Canaan ang nagsanib ng kanilang puwersa laban sa Gabaon. Mabilis ang kanilang pagkilos. Ang mga Gabaonita ay hindi handa upang magtanggol sa sarili kaya't sila'y nagpadala ng mensahe kay Josue sa Gilgal: "Huwag mong palambutin ang iyong kamay sa iyong mga lingkod; sampahin mo kaming madali, at iligtas mo kami: sapagkat ang lahat ng mga hari ng mga Amorrheo na nanganananhan sa lupaing maburol ay nagpipisan laban sa amin." Ang panganib ay hindi lamang ukol sa mga taga Gabaon, kundi gano'n din sa Israel. Ang bayang ito ang may kapamahalaan sa mga daan tungo sa gitna at timog na bahagi ng Palestina, at iyon ay kinakailangang masakop upang ma-sakop ang lupain.

Si Josue ay madaling naghanda upang tumulong sa Gabaon. Ang mga naninirahan sa bayang sasalakayin ay nangamba na baka hindi pakinggan ni Josue ang kanilang panawagan, dahil sa isinagawa nilang panglilinlang; subalit sila'y sumuko sa kapamahalaan ng Israel, at tumanggap sa pagsamba sa Dios, nadama niya ang kanyang tungkulin na sila ay iingatan. Sa pagkakataong ito ay hindi siya kumilos na walang payo mula sa Dios, at siya ay pinasigla ng Dios sa gawaing iyon. "Huwag mo silang katakutan," ang ipinahayag ng Dios; "sapagkat Aking ibinigay sila sa iyong mga kamay; walang lalaki roon sa kanila na tatayo sa harap mo." "Sa gayo'y sumampa si Josue mula sa Gilgal, siya at ang buong bayang pandigma na kasama niya, at ang lahat ng mga makapangyarihang lalaki na matatapang."

Sa pamamagitan ng paglalakbay sa buong magdamag ay naihatid niya ang puwersa ng Israel sa harap ng Gabaon nang kinaumagahan. Hindi pa natitipon ng mga prinsipe ang kanilang hukbo sa bayan nang si Josue ay sumalakay sa kanila. Ang paglusob ay humantong sa lubhang pagkalito ng mga kaaway. Ang malaking hukbo ay nagsi-takas sa harap ni Josue paakyat tungo sa daan ng bundok patungo sa Bet-horon; at nang makarating sa itaas ay mabilis na tumakbo

paibaba sa kabilang panig na mabangin. Dito sila ay tinamaan ng isang matinding ulan ng mga bato. "Binagsakan sila ng Panginoon ng malalaking bato mula sa langit:...sila'y higit na namatayan sa [599] pamamagitan ng mga batong granizo kay sa pinatay ng mga anak ni Israel sa pamamagitan ng tabak."

Samantalang ipinagpapatuloy ng mga Amorrheo ang kanilang pagtakas, na ang layunin ay makasumpong ng mapagkukublihan sa mga bundok, nakita ni Josue, sa pagtanaw mula sa isang tagaytay sa itaas, na magiging lubhang maiksi ang araw upang kanyang matapos ang kanyang gawain. Kung hindi lubos na mapupuksa, ang kanilang mga kalaban ay maaaring matipon muli para sa isa pang paglaban. "Nang magkagayo'y nagsalita si Josue sa Panginoon,...at kanyang sinabi sa paningin ng Israel, Araw, tumigil ka sa Gabaon; at ikaw, Buwan, sa libis ng Ajalon. At ang araw ay tumigil, at ang buwan ay huminto, hanggang sa ang bansa ay nakapanghiganti sa kanyang mga kaaway.... Ang araw ay tumigil sa gitna ng langit, at hindi nagmadaling lumubog sa isang buong araw."

Bago sumapit ang gabi, ang pangako ng Dios kay Josue ay naganap. Ang buong hukbo ng mga kaaway ay napasa ilalim ng kanyang kamay. Ang mga naganap sa araw na iyon ay matagal inalala ng Israel. "At hindi nagkaroon ng araw na gaya noon bago nangyari yaon o pagkatapos niyaon, na ang Panginoon ay nakinig sa tinig ng tao: sapagkat ipinakipaglaban ng Panginoon ang Israel." "Ang araw at buwan ay tumigil sa kanilang tahanan, sa liwanag ng Iyong mga pana habang sila'y nagsisiyaon, sa kislap ng Iyong makinang na sibat. Ikaw ay lumakad sa mga lupain sa pagkagalit, Iyong giniik ang ang mga bansa sa galit. Ikaw ay lumabas sa ikaliligtas ng Iyong bayan." Habacuc 3:11-13.

Ang Espiritu ng Dios ang nagpasigla sa dalangin ni Josue, upang minsan pa ay makapagbigay ng patotoo tungkol sa kapangyarihan ng Dios ng Israel. Kung kaya't ang kahilingan ay hindi nagpahayag ng kapangahasan sa bahagi ng dakilang pinuno. Siya ay tumanggap ng pangako na tunay na ibababagsak ng Dios ang mga kaaway na ito ng Israel, gano'n pa man nagsikap siya na tila ang pagtatagumpay ay nakasalalay sa mga hukbo lamang ng Israel. Ginawa niya ang lahat ng magagawa ng lakas ng tao, at saka siya dumalangin na may pananampalataya sa tulong ng Dios. Ang libim ng tagumpay ay ang pagsasanib ng kapangyarihan ng Dios sa pagsisikap ng tao.

Ang nagkakaroon ng pinakamalaking tagumpay ay yaong higit na nagtitiwala sa Bisig ng Makapangyarihan sa lahat. Ang lalaking
[600] nag- utos, "Araw, tumigil ka sa Gabaon; at ikaw, Buwan, sa libis ng Ajalon," ay ang lalaki na sa maraming oras ay nakapatirapa sa lupa sa pananalangin sa kampamento sa Gilgal. Ang lalaking dumadalangin ay mga lalaking makapangyarihan.

Ang makapangyarihang himalang ito ay nagpapatotoo na ang nilalang ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng Manlalalang. Sinisikap ni Satanas na ikubli sa tao ang mga ahensya ng Dios sa kalikasan, upang ialis sa paningin ang walang kapagurang pagkilos ng unang dakilang sanhi. Sa himalang ito, ang lahat ng nagtataas sa kalikasan na higit sa Dios ng kalikasan ay sinusumbatan.

Sa sarili Niyang kalooban, ginagamit ng Dios ang kapangyarihan ng kalikasan upang ibagsak ang lakas ng Kanyang mga kaaway—"apoy at granizo, nieve, at singaw; unos at hangin, na gumaganap ng Kanyang salita." Mga Awit 148:8. Nang ang mga Amorrheong hindi kumikilala sa Dios ay gumayak upang labanan ang Kanyang mga layunin, ang Dios ay namagitan, naghulog "ng mga malaking bato na mula sa langit" sa mga kalaban ng Israel. Tayo ay sinabihan tungkol sa isang higit na malaking labanan sa pagtatapos ng kasaysayan ng daigdig. kapag "binuksan ng Panginoon ang Kanyang lalagyan ng almas, at inilabas ang mga almas ng Kanyang pagkagalit." Jeremias 50:25. "Pumasok ka ba," tanong niya, "sa mga tipunan ng nieve, o nakita mo ba ang mga tipunan ng granizo, na Aking itinaan laban sa panahon ng kabagabagan, laban sa kaarawan ng pagbabaka at pag- didigma?" Job 38:22, 23.

Inilarawan ng Revelador ang pagkawasak na magaganap kapag "ang isang malakas na tinig, mula sa templo ng langit" ay magsabing "Nagawa na." wika niya, "Malaking granizo na kasinglaki ng talento
[601] ay lumagpak sa mga tao buhat sa langit." Apocalipsis 16:17, 21.

# Kabanata 48—Ang Pagkakabahagi ng Canaan

Ang kabanatang ito ay batay sa Josue 10:40-43; 11; 14 hanggang 22.

Ang pagtatagumpay sa Bet-horon ay mabilis na sinundan ng pagsakop sa timog Canaan. "Sinaktan ni Josue ang buong lupain, ang lupaing maburol, at ang timugan, at ang mababang lupain;...at ang lahat ng mga haring ito at ang kanilang lupain ay sinakop ni Josue na paminsan, sapagkat ipinakipaglaban ng Panginoon, ng Dios ng Israel. At si Josue at ang buong Israel na kasama niya ay bumalik sa kampamento sa Gilgal."

Ang mga tribo sa hilagang Palestina, sa takot sa mga pagtatagumpay ng mga hukbo ng Israel, ngayon ay pumasok sa isang samahan laban sa kanila. Namumuno sa samahang ito ay si Jabin, hari ng Hasor, isang teritoryo sa kanluran ng Lawa ng Merom. "At sila'y lumabas, sila at ang mga hukbo na kasama nila." Ang sandatahang ito ay higit na malaki kaysa alin mang nakasagupa na ng Israel sa Canaan— "maraming tao, na gaya nga ng mga buhangin na nasa baybayin ng dagat sa karamihan, na may mga kabayo at mga karo na totoong marami. At ang lahat ng mga haring ito ay nagpipisan; at sila'y naparoon at humantong na magkakasama sa tubig ng Merom, upang makipaglaban sa Israel." At muli ang isang mensaheng pampasigla ay ibinigay kay Josue: "Huwag kang matakot ng dahil sa kanila; sapagkat bukas sa ganitong oras ay ibibigay Ko silang lahat na patay sa harap ng Israel."

Malapit sa Lawa ng Merom siya ay sumugod sa kampamento ng mga bansang natipon, at lubos na pinuksa ang kanilang mga puwersa. "Ibinigay sila ng Panginoon sa kamay ng Israel, at sinaktan nila, at hinabol nila sila...hanggang sa wala silang iniwan sa kanila." Ang mga karo at mga kabayo na siyang ikinararangal at ipinagmamalaki ng mga Canaanita, ay hindi kinakailangang gamitin ng Israel. Ayon sa ipinag-utos ng Dios ang mga karo ay sinunog at ang mga kabayo ay pinilay, kung kaya't hindi maaaring magamit sa digmaan. Hindi

marapat na ilagay ng mga Israelita ang kanilang tiwala sa mga karo
[602] o mga kabayo kundi sa "pangalan ng Panginoon nilang Dios."

Ang mga bayan ay isa-isang sinakop, at ang Hasor, ang matibay na tanggulan ng nagsama-samang mga bansa ay sinunog. Ang digmaan ay nagpatuloy sa loob ng ilang mga taon, subalit ang wakas noon ay pagtatagumpay ni Josue sa Canaan. "At ang lupain ay nagpahinga sa pakikipagdigma."

Subalit bagaman ang kapangyarihan ng mga Canaanita ay nawasak, sila ay hindi pa lubos na napupuksa. Sa kanlurang bahagi ng Palestina ay mayroon pang isang mayamang kapatagan sa tabing dagat, samantalang sa gawing hilaga nila ay ang mga taga Sidon. Ang Libano ay nasa kanila pa ring pag-aari; at sa timog, patungo sa Ehipto, ang lupain ay nasasakop pa rin ng mga kalaban ng Israel.

Gano'n pa man ay hindi na kinakailangang ipagpatuloy ni Josue ang pakikipagdigmaan. Mayroon pang isang malaking gawain na kinakailangang gampanan ng dakilang pinuno bago niya bitiwan ang pamumuno sa Israel. Ang buong lupain, kapwa ang mga bahaging nalupig na at ang hindi pa nalulupig, ay kinakailangang ibahagi sa mga lipi. At tungkulin ng bawat lipi ang lupigin ang sarili nilang mana. Kung patotohanan ng mga tao ang magiging tapat sa Dios, ay kanyang palalayasin ang kanilang mga kaaway sa harap nila; at Kanyang ipinangako na bibigyan pa sila ng higit pang mga pag-aari kung sila lamang ay magiging tapat sa Kanyang tipan.

Kay Josue, gano'n din kay Eleazar na punong saserdote, at sa mga pangulo ng mga lipi, ay itinagubilin ang pagbabahagi ng lupain, ang kalalagyan ng bawat lipi ay ipapagpasya sa pamamagitan ng pagbabahagi. Naitakda na ni Moises ang mga hangganan ng lupain kung paanong iyon ay babahagihin sa mga lipi kapag sila ay nakarating na sa lupain, at nagtalaga ng mga prinsipe mula sa bawat lipi upang humarap sa pamamahagi. Ang lipi ni Levi, sapagkat nakatalaga sa paglilingkod sa santuwaryo, ay hindi kabilang sa pamamahaging ito; sa halip ay apat napu't walong mga lungsod sa iba't-ibang bahagi ng lupain ang itinalaga sa mga Levita na pinaka mana.

Bago isinagawa ang pamamahagi ng lupain, si Caleb, kasama ng mga pinuno ng kanyang lipi, ay humarap para sa isang natatanging kahilingan. Liban kay Josue, si Caleb ngayon ang pinakamatandang lalaki sa Israel. Si Caleb at si Josue lamang ang kasama sa mga

tiktik na naghatid ng mabuting ulat tungkol sa lupang pangako at hinimok ang mga taong magpatuloy at sakupin iyon sa ngalan ng Panginoon. Ipinaalala ngayon ni Caleb kay Josue ang pangakong ibinigay noon bilang gantimpala sa kanilang katapatan: "Ang lupain [603] na tinungtungan ng iyong paa ay magiging isang mana sa iyo at sa iyong mga anak magpakailan man, sapagkat sumunod kang lubos sa Panginoon." Kaya't siya'y humiling na ang Hebron ang ibigay sa kanya upang maging isang pag-aari. Dito sa loob ng maraming mga taon ay naging tahanan nila Abraham, Isaac, at Jacob; at dito, sa yungib ng Macpela, sila ay inilibing. Ang Hebron ay lugar ng mga kinatakutang mga Anacro, na ang matipunong mga hitsura ay lubos na kinatakutan ng mga tiktik, at sa pamamagitan nila ay sinira ang katapangan ng buong Israel. Ito, higit sa lahat, ang lugar na pinili ni Caleb, sa pagtitiwala sa lakas ng Dios, upang maging kanyang mana.

"Narito, iningatan akong buhay ng Panginoon," wika niya, "gaya ng Kanyang sinalita, nitong apat na pu't limang taon, mula nang panahon na salitain ng Panginoon ang salitang ito kay Moises:...at ngayon, narito, sa araw na ito ako'y may walong pu't limang taon na. Gayon ma'y malakas pa ako sa araw na ito na gaya nang araw na suguin ako ni Moises: kung paano nga ang lakas ko noon ay gayon ang lakas ko ngayon, sa pakikidigma, at gayon din sa paglabas pumasok. Ngayon nga'y ibigay mo sa akin ang lupaing maburol na ito na sinalita ng Panginoon nang araw na yaon: sapagkat iyong nabalitaan nang araw na yaon kung paanong nariyan ang mga Anaceo, at mga bayang malalaki at nakukutaan: marahil ay sasa akin ang Panginoon, at akin silang maitataboy na gaya ng sinalita ng Panginoon." Ang kahilingang ito ay sinuportahan ng pinuno ng Juda. Si Caleb ay isa sa mga itinalaga na humarap sa pagbabahagi ng lupain na mula sa liping ito, at pinili niya ang mga lalaking ito upang sumama sa kanya sa paghaharap ng kanyang kahilingan, upang hindi magkaroon ng anyo ng paggamit ng kanyang kapangyarihan para sa sariling kapa- kinabangan.

Ang kanyang kahilingan ay kaagad ipinagkaloob. Wala nang iba pang higit na ligtas na pagkatiwalaan ng paglupig sa higante at matibay na kutang ito. "Binasbasan siya ni Josue at kanyang ibinigay ang Hebron kay Caleb na Anak ni Jephone, na pinakaari niya," "sapagkat kanyang lubos na sinunod ang Panginoon, ang Dios

ng Israel." Ang pananampalataya ni Caleb ngayon ay tulad rin noong ang kanyang ulat ay sumalungat sa masamang ulat ng mga tiktik. Pinaniwalaan niya ang pangako ng Dios, na Kanyang ilalagay ang Kanyang bayan sa pag-aari sa Canaan, at dito siya lubos na sumunod
[604] sa Panginoon.

Nagtiis siyang kasama ng kanyang bayan sa matagal na paglalagalag sa ilang, kaya't nakibahagi sa mga kabiguan at mga pasanin ng mga nagkasala; gano'n pa man hindi niya ito inireklamo, sa halip ay itinaas ang kaawaan ng Dios na nag-ingat sa kanya sa ilang nang ang kanyang mga kapatid ay pinatay. Sa gitna ng lahat ng mga kahirapan, panganib, at mga salot sa paglalagalag sa ilang, at sa mga taon ng pakikipagdigma mula nang pumasok sa Canaan, siya ay iningatan ng Panginoon; at ngayon sa edad na higit na sa walungpung taon ang kanyang lakas ay hindi pa nababawasan. Hindi siya humingi para sa kanyang sarili ng isang lupain na hindi pa nalulupig, sa halip ay ang lupain na higit sa lahat ay inisip ng mga tiktik na imposibleng malupig. Sa tulong ng Dios ay kanyang kukunin ang matibay na tanggulang ito mula sa mga higanteng ang kapangyarihan ay nagpahina sa pananampalataya ng Israel. Hindi isang pagnanasa sa karangalan o pagkakatanyag ang nag-udyok kay Caleb sa kahilingang iyon. Ang matapang na ma- tandang mandirigma ay nagnanasang magbigay sa bayan ng isang halimbawa na magpaparangal sa Dios, at makahihimok sa mga lipi na lubos na lupigin ang lupain na inisip na kanilang mga ama na hindi malulupig.

Nakamtan ni Caleb ang manang minithi ng kanyang puso sa loob ng apat napung taon, at nagtitiwalang ang Dios ay sasakanya, kanyang "pinalayas mula roon ang tatlong anak ni Anac." At nang magkaroon ng pag-aari para sa kanyang sarili at sa kanyang sambahayan, ang kanyang kasigasigan ay hindi nabawasan; hindi siya nanatili upang masiyahan sa kanyang mana, sa halip ay nagpatuloy sa marami pang panlulupig alang-alang sa bansa at sa ikaluluwalhati ng Dios.

Ang mga duwag at nangaghimagsik ay nangamatay sa ilang, subalit ang mga matuwid na tiktik ay kumain ng ubas ng Escol. Ang bawat isa ay pinagkalooban ayon sa kanyang pananampalataya. Nakita ng mga hindi sumampalataya na natupad ang kanilang mga pangamba. Sa kabila ng pangako ng Dios, kanilang ipinahayag na imposibleng masakop ang Canaan, at iyon ay hindi nila sinakop.

Subalit yaong mga nagtiwala sa Dios, na hindi higit tumingin sa mga kahirapang makakaharap kaysa lakas ng kanilang makapangyarihan sa lahat na Tagatulong, ay pumasok sa mabuting lupain. Sa pamamagitan ng pananampalataya yaong mga naging karapat-dapat noong una "nag- silupig ng mga kaharian,...nangakatanan sa talim ng tabak, nagsilakas sa kahinaan, naging makapangyarihan sa pakikipagbaka, nangag- paurong ng mga hukbong taga ibang [605] lupa." Hebreo 11:33, 34 "Ito ang pagtatagumpay na dumadaig sa sanglibutan, sa makatuwid ay ang ating pananampalataya." 1 Juan 5:4.

Isa pang kahilingan tungkol sa pagbabahagi ng lupain ang naghayag ng espiritung malaki ang kaibahan sa nahayag kay Caleb. Iyon ay iniharap ng mga anak ni Jose, ang lipi ni Ephraim at ng kalahati ng lipi ni Manases. Dahil sa kalakihan ng kanilang bilang, ang liping ito ay humihingi ng dalawang bahagi ng teritoryo. Ang lupang napili para sa kanila ay ang pinakamayaman sa lupain, kabilang ang ma- yamang kapatagan ng Saron; subalit marami sa mga pangunahing bayan sa lambak ay nasasakupan pa ng mga Cananeo, at ang mga lipi ay umuurong sa gawain at panganib sa paglupig sa kanilang ari- arian, at nagnasa ng karagdagang bahagi ng lupain na nalupig na. Ang lipi ni Ephraim ay isa sa pinaka malaking lipi sa Israel, at siya ring kinabibilangan ni Josue, kaya't ang mga kaanib nito ay likas na itinuturing ang kanilang mga sarili na karapat-dapat sa natatanging konsiderasyon. "Bakit ang ibinigay mo sa akin ay isang kapalaran at isang bahagi lamang na pinakamana," wika nila, "dangang malaking bayan ako?" Subalit walang paghiwalay mula sa mahigpit na ka- tarungan ang maaaring makuha mula sa hindi pabago-bagong pinuno.

Ang kanyang sagot ay, "Kung ikaw ay malaking bayan, sumampa ka sa gubat, at iyong malalawag doon sa iyong sarili ang lupain ng mga Pherezeo at ng mga Rephaim; yamang ang lupaing maburol ng Ephraim ay totoong makipot sa ganang iyo."

Ang kanilang sagot ay nagpahayag ng tunay na sanhi ng reklamo. Kulang sila ng pananampalataya at tapang upang palayasin ang mga Cananeo. "Ang lupaing maburol ay hindi sukat sa amin; at ang lahat ng mga Cananeo na tumatahan sa lupain ng libis ay may mga karong bakal."

Ang kapangyarihan ng Dios ng Israel ay ipinangako sa Kanyang bayan, at kung ang mga Ephraimita ay mayroong tapang at pananampalatayang tulad ng kay Caleb, wala sanang kaaway ang maaaring tumindig sa harap nila. Ang lumalabas na ninanais nila na umiwas sa kahirapan at sa panganib ay malakas na hinarap ni Josue. "Ikaw ay malaking bayan, at may dakilang kapangyarihan," wika niya; "iyong palalayasin ang mga Cananeo, bagaman sila'y may mga karong bakal, at bagaman sila'y matibay." Kaya't ang sariling idinadahilan ay ginamit laban sa kanila. Sa pagiging isang malaking bayan,
[606] gaya ng sinasabi nila, magagawa nila ang kanilang naisin, tulad ng kanilang mga kapatid. Sa tulong ng Dios, hindi nila kinakailangan katakutan ang mga karong bakal.

Hanggang sa mga panahong ito ang Gilgal ang nagsisilbing punong himpilan ng bansa at kinaroroonan ng tabernakulo. Subalit ngayon ang tabernakulo ay kinakailangang ilipat sa napiling lugar upang maging permanenteng lugar. Iyon ay ang Silo, isang maliit na bayan sa mana ni Ephraim. Iyon ay malapit sa kalagitnaan ng lupain, at madaling mapuntahan ng lahat ng mga lipi. Dito ay may isang bahagi ng lupain na lubos nang nasakop, kung kaya't ang mga sumasamba ay hindi magagambala. "At ang buong kapisanan ng mga anak ni Israel ay nagpulong sa Silo, at itinayo ang tabernakulo ng kapisanan doon." Ang mga lipi na naroon pa sa kampamento nang ang tabernakulo ay inalis mula sa Gilgal ay sumunod doon, at nagkampamento malapit sa Silo. Dito ang mga liping ito ay nanatili hanggang sa sila ay naghiwa-hiwalay tungo sa kanilang ari-ariang dako.

Ang kaban ay nanatili sa Silo sa loob ng tatlong daang taon, hanggang sa, dahil sa mga kasalanan ng sambahayan ni Eli, iyon ay nahulog sa kamay ng mga Filisteo, at ang Silo ay winasak. Ang kaban ay hindi na kailan man ibinalik pa sa tabernakulo dito, ang mga serbisyo ng santuwaryo sa kahulihan ay inilipat sa templo sa Jerusalem, at ang Silo ay nahulog sa kawalan ng halaga. Mayroon lamang mga guho na pinakatanda kung saan iyon ay dating nakatayo doon. Makalipas ang mahabang panahon ang nangyari doon ay ginamit na babala sa Jerusalem. "Magsiparoon kayo ngayon sa Aking dako na nasa Silo, na siyang Aking pinagtahanan ng Aking pangalan nang una, at inyong tingnan kung ano ang Aking ginawa dahil sa kasamaan ng Aking bayan Israel.... Kaya't gagawin Ko sa

bahay na tinatawag sa Aking pangalan, na inyong tinitiwalaan, at sa dakong ibinigay Ko sa inyo at sa inyong mga magulang, ang gaya ng Aking ginawa sa Silo." Jeremias 7:12,14.

"Gayon kanilang tinapos ang pagbabahagi ng lupain" at ang lahat ng lipi ay nabahagihan ng mana, at inihayag ni Josue ang kanyang kahilingan. Para sa kanya, tulad rin kay Caleb, isang natatanging pangako ang ipinagkaloob; gano'n pa man hindi siya humiling ng isang malawak na lalawigan, kundi isang bayan lamang. "Kanilang ibinigay sa kanya ang bayang kanyang hiningi,...at kanyang itinayo ang bayan at tumahan doon." Ang pangalang ibinigay sa bayan ay [607] Timnath-sera, "ang bahaging natira," isang patotoo sa marangal na pagkatao at espiritung hindi makasarili ng manlulupig, na, sa halip na inuna ang sarili sa pagbabahagi ng samsam ng pagkapanalo, ay nagpahuli hanggang sa ang pinaka aba sa kanyang bayan ay napag- kalooban.

Anim sa mga bayan na nakatalaga sa mga Levita, tatlo sa bawat kabilang panig ng Jordan ay itinalaga bilang mga bayang ampunan, kung saan ang nakapatay ng tao ay maaaring pumunta upang maligtas. Ang pagtatalaga sa mga bayang ito ay ipinag-utos ni Moises, "upang ang nakamatay ng tao na pumatay ng sinomang tao na hindi sinasadya, ay makatakas doon. At ang mga bayang yaon ay magiging sa inyo'y pinaka ampunan laban sa manghihiganti," wika niya, "upang ang nakamatay ay huwag mamatay, hanggang sa maitayo sa kapisanan na hatulan." Mga Bilang 35:11, 12. Ang may habag na kaloob na ito ay nakitang kailangan dahil sa kaugalian noon ng sarilinang paghihiganti, na sa pamamagitan noon ang pagpaparusa sa nakapatay ng tao ay nakasalalay sa pinakamalapit na kamag-anak o ng kasunod na taga- pagmana ng namatay. Sa mga pagkakataon na ang kaso ay malinaw, hindi na kailangang pang hintayin ang kapasyahan ng mga hukom. Maaaring habulin ng tagapaghiganti ang kriminal saan mang dako, at siya ay patayin saan man siya masumpungan. Nakita ng Panginoon na hindi pa angkop na alisin ang kaugaliang iyon noon, subalit naglaan Siya ng paraan upang matiyak ang kaligtasan noong maaaring ma- kakitil ng buhay na hindi sinasadya.

Ang mga bayang ampunan ay ikinalat upang marating sa kalahating araw ng paglalakbay mula sa bawat bahagi ng lupain. Ang mga lan- sangang patungo sa mga iyon ay palaging iniingatang maayos;

sa habang daan, ay kinakailangang may nakalagay na mga karatula na naghahayag na salitang "ampunan" sa malinaw at malalaking mga titik upang ang taong tumatakas ay huwag maantala kahit sa isang sandali. Ang sinumang tao—Hebreo, taga ibang bayan, o nakiki- pamayan—ay maaaring makinabang sa kaloob na ito. Subalit bagamat ang walang sala ay hindi kinakailangang mapatay kaagad-agad, hindi rin naman kinakailangang makatakas sa parusa ang sinumang may sala. Ang usapin tungkol sa taong tumatakas ay kinakailangang malitis na may katarungan ng may angkop na kapangyarihan, at kung masumpungan lamang na pagpatay na hindi sinasadya saka maiingatan ng bayang ampunan. Ang may sala ay
[608] isinusuko sa tagapaghiganti. At yaong may karapatang maingatan ay nagkakaroon lamang noon sa kondisyon na mananatili sa itinalagang ampunan. Kung siya ay lalabas sa itinalagang mga hangganan, at siya'y masumpungan ng tagapaghiganti ng dugo, babayaran ng kanyang buhay ang kaparusahan ng pagbaliwala niya sa inilaan ng Panginoon. Gano'n pa man sa pag- kamatay ng punong saserdote, ang lahat ng nangasa bayang ampunan ay maaari nang umuwi sa kani-kanilang mga pag-aari.

Sa isang paglilitis sa nakapatay, ang inaakusahang may sala ay hindi kinakailangang parusahan dahil sa patotoo ng iisang saksi, bagaman ang mga pangyayari ay maaaring matibay na nagpapatotoo laban sa kanya. Ang tagubilin ng Panginoon ay, "Sinomang pumatay sa kaninoman, ay patayin ang pumatay sa patotoo ng mga saksi: ngunit ang isang saksi ay hindi makapagpapatotoo laban sa kaninomang tao upang patayin." Mga Bilang 35:30. Si Kristo ang nagbigay ng mga tagubiling ito kay Moises para sa Israel; at nang siya ay kasama ng Kanyang mga alagad sa lupa, nang tinuruan Niya sila kung paanong pakikitunguhan ang nagkasala, inulit ng dakilang tagapagturo ang liksyon na ang patotoo ng isang tao ay hindi maaaring magpawalang- sala o magpahamak. Ang mga pananaw at kuro-kuro ng isang tao ay hindi maaaring magpasya sa pinagtatalunang mga katanungan. Sa lahat ng mga bagay na ito, ang dalawa o higit ay kinakailangang magkaisa, at magkasama silang magdadala ng responsibilidad, "upang sa bibig ng dalawang saksi o tatlo ay mapagtibay ang bawat salita." Mateo 18:16.

Kung ang nililitis sa pagpatay ay nasumpungang may sala, walang pangbayad o pangtubos ang maaaring makapagligtas sa

kanya. “Ang magbubo ng dugo ng tao, sa pamamagitan ng tao ay mabububo ang kanyang dugo.” Genesis 9:6 “Huwag kayong tatanggap ng suhol sa buhay ng pumatay na nagiging salarin sa pagpatay: kundi siya’y walang salang papatayin.” “Alisin mo siya sa Aking dambana upang patayin,” ang iniutos ng Dios; “walang paglilinis na magagawa sa lupa dahil sa dugo na nabubo.” Mga Bilang 35:31, 33; Exodo 21:14. Kinakailangan para sa kaligtasan at kadalisayan ng bansa na ang kasalanan ng pagpatay ay mahigpit na maparusahan. Ang buhay ng tao na ang Dios lamang ang siyang nakapagbibigay, ay kinakailangang banal na maingatan.

Ang mga bayang ampunan na itinalaga para sa bayan ng Dios noong una ay mga larawan ng ampunang ipinagkaloob kay Kristo. Ang maawaing Tagapagligtas na nagtakda noong mga bayang am- [609]
punang pang dito sa lupa, sa pamamagitan ng pagbubuhos ng sarili niyang dugo ay nagbibigay sa nagkasala sa kautusan ng Dios ng isang tiyak na matatakbuhan, kung saan sila ay makakapunta upang maligtas mula sa ikalawang kamatayan. “Walang anomang hatol sa mga na kay Kristo Jesus.” “Sino ang hahatol? Si Kristo Jesus na namatay, oo, yaong nabuhay na maguli sa mga patay na siyang nasa kanan ng Dios, na siya namang namamagitan dahil sa atin;” “tayong nangagsitakas na sumakanlong upang mangapit sa pag-asang nalalagay sa ating unahan.” Roma 8:1, 34; Hebreo 6:18.

Siya na tumatakbo tungo sa bayang ampunan ay hindi maaaring magpaantala. Ang pamilya at ang trabaho ay iniiwan. Wala nang panahon upang magpaalam sa mga mahal sa buhay. Ang kanyang buhay ay nakataya at ang bawat ibang interes ay kinakailangang isakripisyo alang-alang sa iisang layunin—na marating ang dako ng kaligtasan. Ang kapaguran ay kinalimutan, ang kahirapan ay hindi pinapansin. Ang tumatakas para sa kanyang kaligtasan ay hindi maaaring maantala sa isang sandali hanggang sa siya ay hindi nakararating sa loob ng bayan.

Ang taong nagkasala ay nakalantad sa walang hanggang kamatayan hanggang kanyang masumpungan ang dakong mapagkukublihan kay Kristo; at kung paanong ang paglalagalag at pagpapabaya ay maaaring maging sanhi upang ang tumatakas ay mawalan ng natatanging pagkakataon upang mailigtas ang buhay, gano’n din naman ang pag- kaantala at kakulangan ng pagpapahalaga ay maaaring maging sanhi ng pagkapahamak ng kalu-

luwa. Si Satanas, ang dakilang kaaway, ay nagbabantay sa bawat sumasalangsang sa kautusan ng Dios, at siya na hindi nakababatid ng kanyang panganib, at hindi masikap na hinahanap ang kanyang mapagkukublihan sa walang hanggang kub- lihan, ay mahuhulog na biktima ng mamumuksa.

Ang nakakulong na lalabas sa bayang ampunan sa anumang sandali ay nahahayaan sa tagapaghiganti. Sa gano'ng paraan ang bayan ay tinuruang sumunod sa paraang itinalaga ng walang hanggang karunungan para sa kanilang kaligtasan. Gano'n din naman, hindi sapat sa isang nagkasala ang maniwala kay Kristo para sa kapatawaran ng kasalanan; kinakailangan niyang, sa pamamagitan ng pananampalataya at pagkamasunurin, ay manahan sa Kanya. "Sapagkat kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na ating matanggap ang pag- kalalala sa katotohanan ay wala nang
[610] haing natitira pa tungkol sa mga kasalanan, kundi isang kakilakilabot na paghihintay sa pag- huhukom, at isang kabangisan na apoy na lalamon sa mga kaaway." Hebreo 10:26, 27.

Dalawa sa lipi ni Israel, ang kay Gad at kay Ruben, kasama ang kalahati ng lipi ni Manases, ay tumanggap sa kanilang mana bago pa tumawid sa Jordan. Para sa isang bayan ng mga pastol, ang malawak at mataas na kapatagan at mayamang kagubatan ng Galaad at Basan, na mayroong malawak na mapagpapastulan ng kanilang mga alagang tupa at mga baka, ay may pang-akit na hindi masusumpungan sa Canaan, at ang dalawa at kalahating lipi, sa pagnanasang manirahan dito, ay nangakong magpapadala ng kanilang bahagi sa hukbong sandatahan upang sumama sa kanilang mga kapatid sa kabila ng Jordan, at makibahagi sa kanilang mga pakikipagdigma hanggang sa sila'y makapasok sa kanilang mana. Ang tungkulin ay matapat na ipinagkaloob. Nang ang sampung lipi ay pumasok sa Canaan, apat na pung libo sa "mga anak ni Ruben, at mga anak ni Gad, at ang kalahati ni Manases,...handa sa pakikipagdigma ang dumaan sa harap ng Panginoon na patungo sa pakikibaka, sa mga kapatagan ng Jerico." Josue 4:12, 13. Sa loob ng ilang mga taon sila ay may tapang na nakipaglaban sa piling ng kanilang mga kapatid. Ngayon ay dumating na ang panahon upang sila ay umuwi sa lupaing kanilang aariin. Kung paanong sila ay nakisama sa kanilang mga kapatid sa pakikibaka, sila din naman ay nakibahagi sa mga samsam; at sila'y umuwi "na may maraming kayamanan,...may maraming hayop, may

pilak, at may ginto, at may tanso, at may bakal, at may maraming kasuutan," ang lahat ng iyon ay ibabahagi doon sa mga naiwang kasama ng kanilang mga sambahayan at mga kawan.

Sila ngayon ay mananahang malayo sa santuwaryo ng Panginoon, at may pangambang minasdan ni Josue ang kanilang paglisan na batid kung gaano katindi ang magiging mga tukso sa kanilang nakahiwalay at naglalagalag na buhay, upang mahulog sa kaugalian ng mga tribong hindi kumikilala sa Dios na naninirahan sa kanilang dako ng hangganan.

Samantalang ang pag-iisip ni Josue at ng ibang mga pinuno ay pagod na sa maraming mga alalahanin, isang kakaibang balita ang nakarating sa kanila. Sa tabi ng Jordan, malapit sa lugar na ma- hiwagang tinawiran ng Israel ang dalawa at kalahating lipi ay nagtayo ng isang malaking dambana, na katulad sa dambana ng handog na susunugin sa Silo. Ipinagbabawal ng kautusan ng [611] Dios, na may parusang kamatayan, ang pagtatag ng ibang pagsamba liban sa nasa santuwaryo. Kung gano'n ang layunin ng dambanang iyon, iyon ay, kung pahihintulutang manatili, aakay sa bayan upang malayo sa tunay na pananampalataya.

Ang mga kinatawan ng bayan ay natipon sa Silo, at sa kainitan ng kanilang pagkakagulo at galit, ay nagmungkahing makipagdigmaan kaagad sa mga mananalansang. Sa pamamagitan ng impluwensya ng mga higit na maingat gayon pa man, ipinagpasyang magpadala muna ng isang delegasyon upang kumuha ng paliwanag mula sa dalawa at kalahating lipi. Sampung mga prinsipe, isa mula sa bawat lipi, ang pinili. Ang namumuno sa kanila ay si Phinees, na nakilala dahil sa kanyang kasigasigan sa nangyari sa Peor.

Ang dalawa at kalahating lipi ay nagkamali sa pagpasok, na walang paliwanag, sa isang gawain na bukas sa gano'n katinding paghihinala. Ang mga kinatawan, na may kaisipan na ang kanilang mga kapatid ay nagkamali, ay humarap sa kanila na may mabibigat na mga sumbat. Inakusahan nila sila ng paglaban sa Panginoon, at ipinaalala sa kanila kung paanong ang mga kahatulan ay dumating sa Israel dahil sa kanilang pakikilakip kay Baal-Peor. Sa ngalan ng buong Israel, ipinahayag ni Phinees sa mga anak ni Gad at ni Ruben na kung sila ay hindi handang manirahan sa lupain na wala yaong dambana para sa mga hain, sila ay tatanggapin na kabahagi sa

mga pag-aari at mga karapatan ng kanilang mga kapatid sa kabilang panig.

Bilang katugunan, ang inaakusahan ay nagpaliwanag na ang kanilang dambana ay hindi inihanda para sa paghahain, kundi isa lamang paalaala na, bagaman nakabukod dahil sa ilog, ang kanilang pananampalataya ay tulad rin ng sa kanilang mga kapatid sa Canaan. Kinilang ipinangamba na sa darating na mga taon sa hinaharap ay maaaring mawalay ang kanilang mga anak mula sa santuwaryo, at walang bahagi sa Israel. Kung magkagayon ang dambanang ito, na itinayo ayon sa dambana ng Panginoon sa Silo, ay magiging isang patotoo na ang mga gumawa noon ay sumasamba rin sa buhay na Dios.

May malaking kagalakan na tinanggap ng mga kinatawan ang paliwanag na ito, at madaling pinarating ang balita doon sa mga nagsugo sa kanila. Inalis ang lahat ng kaisipan tungkol sa pagkakaroon
[612] ng digmaan, at ang bayan ay nagkaisa sa kagalakan at pagpuri sa Dios.

Ang mga anak ni Gad at ni Ruben nga ay naglagay sa kanilang dambana ng pahayag na nagsasabi ng layunin na pagkakatayo noon; at kanilang sinabi, "Saksi sa pagitan natin na ang Panginoon ay Dios." Sa gayon ay kanilang sinikap na maiwasan ang hindi pagkakaunawaan sa hinaharap, at inalis ang maaaring maging isang sanhi ng tukso.

Malimit malaking kahirapan ang bumabangon mula sa maliit na hindi pagkakaunawaan, maging doon sa kinikilos ng pinakamarangal na layunin; at sa kawalan ng paggalang at pag-uunawaan, anong seryoso at kahit nakamamatay na resulta ay maaaring sumusunod. Naalala ng sampung lipi kung paanong, sa karanasan ni Achan, ay sinumbatan ng Dios ang kakulangan ng pagsisikap na malaman ang kasalanan sa kanilang kalagitnaan. Ngayon sila ay nagpasya sa mabilis na paraan at may kataimtiman; subalit sa pagsisikap na maiwasan ang una nilang pagkakamali, sila ay napunta sa kalabisan sa kabilang panig. Sa halip na magsagawa ng magalang na paguusisa upang malaman ang katotohanan sa pangyayari, hinarap nila ang kanilang mga kapatid na may pamimintas at paggawad ng hatol. Kung ang mga lalaki ng Gad at ng Ruben ay tumugon sa gano'n ding espiritu, ay maaaring nagkaroon ng digmaan bunga noon. Bagamat mahalagang iwasan sa pakikitungo sa kasalanan ang

pagiging malambot, gano'n din kahalaga sa isang banda ang iwasan ang malupit na paghatol at walang batayang paghihinala.

Samantalang labis ang pagkasensitibo sa pinakamaliit na pagsisisi sa sarili nilang gawain, marami ang mahigpit ang pakikitungo doon sa inaakala nilang nasa kamalian. Walang sinomang naibalik sa mabuting kalagayan mula sa isang kamalian sa pamamagitan ng pamimintas at paninisi; subalit marami ang sa pamamagitan noon ay lubos pang nailalayo mula sa tamang landas, at naaakay upang lubos pang patigasin ang kanilang puso laban sa pagtanggap ng pagkakamali. Ang espiritu ng kabaitan, pagiging magalang, kahinahunan, ay maaaring magligtas sa may sala, at maaaring magtakip sa maraming kasalanan.

Ang karunungang inihayag ng mga Rubenita at ng kanilang mga kasama ay magandang tularan. Samantalang matapat na nagsisikap itanyag ang layunin ng tunay na relihiyon, sila ay pinagbintangan ng walang katotohanan at mahigpit na pinintasan; gano'n pa man sila ay hindi nagpahayag ng paghihinanakit. Nakinig sila ng may [613] paggalang at may pagpapaumanhin sa mga bintang ng kanilang mga kapatid, bago nagsikap gumawa ng kanilang pagtatanggol, ganap na ipina- liwanag ang kanilang layunin at ipinahayag ang kanilang kawalan ng kasalanan. Sa gano'ng paraan ang mga kahirapang nagbabanta sa gano'n kaseryosong mga hakbang ay mapayapang naisaayos.

Maging sa ilalim ng maling pagbibintang, yaong nasa tama ay maaaring maging mahinahon at maunawain. Batid ng Dios, ang lahat ng hindi nauunawaan at binibigyan ng maling pakahulugan ng mga tao, at maaari nating ligtas na ilagak sa Kanyang mga kamay ang ating kalagayan. Tiyak Niyang patototohanan ang lahat ng naglalagak ng kanilang tiwala sa Kanya kung paanong inihayag Niya ang kasalanan ni Achan. Yaong mga kinikilos ng espiritu ni Kristo ay maaaring magkaroon ng pag-ibig na matiisin at mahinahon.

Kalooban ng Dios na ang pagkakaisa at ang pag-iibigan ng mag- kakapatid ay masumpungan sa Kanyang bayan. Ang dalangin ni Kristo bago siya ipako sa krus ay magkaisa ang Kanyang mga alagad kung paanong siya at ang Ama ay iisa, upang ang sanlibutan ay suma- mpalataya na Siya ay sinugo ng Dios. Ang lubhang nakakikilos at kahanga-hangang dalanging ito ay umaabot sa lahat ng kapanahunan mula noon, maging hanggang sa kasalukuyan;

sapagkat ang Kanyang sinabi ay, "Hindi lamang sila ang idinadalangin Ko, kundi sila rin naman na mga nagsisisampalataya sa Akin sa pamamagitan ng kanilang salita." Juan 17:20. Samantalang hindi natin kinakailangang isakripisyo ang isang prinsipyo ng katotohanan, kinakailangang maging isang nagpapatuloy na mithiin natin ang ganitong kalagayan ng pagkakaisa. Ito ang katibayan ng ating pagiging mga alagad. Wika ni Jesus, "Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay Aking mga alagad, kung kayo'y may pag-ibig sa isa't-isa." Juan 13:35. Pinangaralan ni apostol Pedro ang iglesia, "Kayong lahat ay mangagkaisang akala, madamayin, mangag-ibigang tulad sa mga magkakapatid, mga ma- habagin, mga mapagpakumbabang pag-iisip: na huwag ninyong gantihin ng masama ang masama, o ng alipusta ang pag-alipusta; kundi ng pagpapala; sapagkat dahil dito kayo'y tinawag, upang kayo'y mangagmana ng
[614] pagpapala." 1 Pedro 3:8, 9.

## Kabanata 49—Ang Huling mga Salita ni Josue

Ang kabanatang ito ay batay sa Josue 23 at 24.

Nang ang mga digmaan ng panlulupig ay natapos, si Josue ay lumayo tungo sa kanyang mapayapang pamamahinga sa kanyang tahanan sa Timnat-sera. "At nangyari pagkaraan ng maraming araw, nang mabigyan ng Panginoon ng kapahingahan ang Israel sa lahat nilang mga kaaway sa palibot...na tinawag ni Josue ang buong Israel, ang kanilang mga matanda, at ang kanilang mga pangulo, at ang kanilang mga hukom at ang kanilang mga pinuno."

Ilang taon na ang lumipas mula nang ang bayan ay nananahan sa kanilang mga pag-aari, at makikitang bumangon ang mga datihan ding kasamaan na noon ay naghatid na ng mga kahatulan sa Israel. Nang unti-unti nang madama ni Josue ang mga kahirapan ng katandaan, at nababatid na ang kanyang paggawa ay malapit nang tumigil, siya ay napuno ng pag-aalala para sa kanyang bayan. Iyon ay higit sa pag-aalala ng isang ama na siya ay nagsalita sa kanila, samantalang minsan pa ay natipon sila sa harap ng kanilang matandang pinuno. "Inyong nakita," wika niya, "ang lahat ng ginawa ng Panginoon ninyong Dios sa lahat ng bansang ito dahil sa inyo; sapagkat ipinakipaglaban kayo ng Panginoon ninyong Dios." Bagaman ang mga Cananeo ay nalupig na, nasa kanila pa ring pag-aari ang malaki-laki pang bahagi ng lupain na ipinangako sa Israel, at pinagtagubilinan niya ang bayan na huwag tumigil, at makalimutan ang utos ng Panginoon na lubos na puksain ang mga bansang ito na sumasamba sa mga diyus-diyusan.

Ang bayan sa pangkalahatan ay mabagal sa pagpapalabas sa mga hindi kumikilala sa Dios. Ang mga lipi ay naghiwa-hiwalay na tungo sa kanilang mga pag-aari, ang hukbong sandatahan ay binuwag na, at tiningnan na parang isang mahirap at walang katiyakang gawain ang panibaguhin ang pakikipagdigmaan. Subalit ipinahayag ni Josue: "Itataboy sila ng Panginoon ninyong Dios mula sa harap ninyo, at palalayasin sila sa inyong paningin, at inyong aariin ang kanilang

lupain na gaya ng sinalita ng Panginoon ninyong Dios sa inyo. [615] Kaya't kayo'y magpakatapang na mabuti na ingatan at gawin ang lahat na nakasulat sa aklat ng kautusan ni Moises na huwag kayong lumiko sa kanan o sa kaliwa."

Si Josue ay nakiusap sa bayan bilang mga saksi na samantalang sila'y sumasangayon sa mga kondisyon, ay matapat na tinupad ng Dios ang Kanyang mga pangako sa kanila. "Talastas sa inyong buong puso at sa inyong buong kaluluwa," wika niya, "na walang bagay na nagkulang sa lahat na mga mabuting bagay na sinalita ng Panginoon ninyong Dios tungkol sa inyo; lahat ay nangyari sa inyo, wala kahit isang bagay na nagkulang." Ipinahahayag niya sa kanila na tinupad ng Dios ang Kanyang mga pangako, gano'n din naman Kanyang tutuparin ang Kanyang mga babala. "At mangyayari na kung paanong ang lahat ng mga mabuting bagay ay nangyari sa inyo na sinalita sa inyo ng Panginoon ninyong Dios, ay gayon dadalhin ng Panginoon sa inyo ang lahat ng mga masamang bagay.... Pagka inyong sinalangsang ang tipan ng Panginoon,...ang galit ng Panginoon ay mag- aalab sa inyo, at kayo'y malilipol na madali sa mabuting lupain na Kanyang ibinigay sa inyo."

Nililinlang ni Satanas ang marami sa pamamagitan ng tila matuwid na kaisipan na gayon na lamang kadakila ang pag-ibig ng Dios kung kaya't Kanyang babaliwalain ang kasalanan sa kanila; kanyang ipi- napahayag na bagamat ang mga babala ng Dios ay mayroong gina- gampanang layunin sa Kanyang pamamahala sa moralidad, ang mga iyon ay hindi kailan man literal na isasakatuparan. Subalit sa lahat ng Kanyang pakikitungo sa Kanyang mga nilikha, pinananatili ng Dios ang prinsipyo ng katuwiran sa pamamagitan ng pagpapahayag ng tunay na likas ng kasalanan—sa pamamagitan ng pagpapahayag na ang tiyak na bunga noon ay hirap at kamatayan. Ang walang kon- disyong pagpapatawad ng kasalanan ay hindi pa kailanman nangyari at hindi kailanman mangyayari. Ang gano'ng pagpapatawad ay mag- papahayag ng pag-alis sa mga prinsipyo ng katuwiran na siyang pun- dasyon ng pamamahala ng Dios. Pupunuin noon ng panghihilakbot ang sansinukob na hindi nagkasala. Matapat na ipinahayag ng Dios ang magiging mga bunga ng kasalanan, at kung ang mga babalang ito ay hindi totoo paano tayo makatitiyak na ang Kanyang mga pangako ay mangatutupad? Ang gano'ng uri ng

kabutihan na nagsa- saisang tabi sa katarungan ay hindi kabutihan, kundi kahinaan.

Ang Dios ay tagapagbigay ng buhay. Mula sa simula, ang lahat ng Kanyang mga batas ay patungkol sa buhay. Subalit ang kasalanan [616] ay sumira sa kaayusan na itinatag ng Dios, at ang pagkakagulo ay sumunod. Hangga't mayroong kasalanan, ang paghihirap at kamatayan av hindi maiiwasan. Sa dahilan lamang na tinaglay ng Tagapagtubos ang sumpa ng kasalanan alang-alang sa atin kung kaya't ang tao ay makaaasang makatatakas, sa kanyang sariling pagkatao, sa kakila- kilabot na mga bunga noon.

Bago namatay si Josue, ang mga pinuno at mga kinatawan ng mga lipi bilang tugon sa kanyang paanyaya ay muling natipon sa Sichem. Wala nang iba pang dako sa buong lupain ang maraming kaugnay na banal na alaala sa kanilang isipan mula sa pakikipagtipan ng Dios kay Abraham at Jacob, at inaalaala rin ang sarili nilang mga solemneng pangako sa kanilang pagpasok sa Canaan. Narito ang bundok na Ebal at Gerisim, ang tahimik na mga saksi sa mga pangakong iyon sa ngayon, sa presensya ng kanilang lider na malapit nang mamatay, sila ay natipon upang iyon ay papanibaguhin. Sa bawat panig ay mayroong mga patotoo ng mga nagawa ng Dios para sa kanila; kung paanong sila ay Kanyang binigyan ng lupain na hindi nila pinagpagalan, at mga bayang hindi nila itinayo, mga ubasan at tanim na mga olibo na hindi sila ang nagtanim. Minsan pa ay isinalaysay muli ni Josue ang kasaysayan ng Israel, binabanggit ang mga kahanga- hangang ginawa ng Dios, upang ang lahat ay magkaroon ng pagkadama sa Kanyang pag-ibig at kaawaan, at maaaring makapag- lingkod sa Kanya sa "pagtatapat at katotohanan."

Ayon sa ipinag-utos ni Josue ang kaban ay kinuha mula sa Silo. Ang okasyong iyon ay isa na may malaking kabanalan, at ang simbolong ito ng presensya ng Dios ay makapagpapalalim ng impresyon na ninanais niyang malikha sa kanyang bayan. Matapos maipahayag ang kabutihan ng Dios sa Israel, nananawagan siya sa kanila sa ngalan ni Jehova, upang pumili kung sino ang kanilang paglilingkuran. Ang pagsamba sa mga diyus-diyusan sa isang banda ay isinasagawa pa rin ng ilan, at ngayon ay sinisikap ni Josue na magkaroon ng kapasyahang makapagpapaalis ng kasalanan mula sa Israel. "Kung inaakala ninyong masama na maglingkod sa Panginoon," wika niya, "piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglil-

ingkuran." Nais ni Josue na sila ay akaying maglingkod sa Dios, hindi sa pamamagitan ng pamimilit, kundi yaong bukal sa loob. Ang pag-ibig sa Dios ang pinakapundasyon ng relihiyon. Ang mak-
[617] isangkot sa Kanyang gawain dahil lamang sa inaasahang gantimpala o kina- tatakutang parusa, ay walang halaga. Ang hayagang pagtalikod ay hindi higit na makasalanan sa Dios kay sa mapagkunwari at pawang pormal na pagsamba.

Nakiusap ang matandang pinuno na bigyang pansin ng bayan, sa lahat ng may kinalaman doon, na kanyang iniharap sa kanila, at magpasya kung talagang nais nilang mamuhay tulad ng mga bansang sumasamba sa diyus-diyusan. Kung tila masama ang maglingkod kay Jehova, na pinagmumulan ng kapangyarihan, ang bukal ng pagpapala, mangyaring ipasya nila sa araw na iyon kung sino ang kanilang paglilingkuran—"ang mga diyos na pinaglingkuran ng inyong mga magulang," na mula doon si Abraham ay tinawagan, "o ang mga diyos ng mga Amorrheo, na ang lupain nila ay inyong tinatahanan." Ang huling mga salitang ito ay mahusay na panunumbat sa Israel. Ang mga diyos ng mga Amorrheo ay hindi nakapagligtas sa mga sumasamba sa kanila. Dahil sa kanilang kasuklam-suklam at nakaba- babang mga kasalanan, ang masamang bansang iyon ay pinuksa, at ang mabuting lupain na dati'y nasa kanilang pag-aari ay ibinigay sa bayan ng Dios. Anong kahangalan para sa Israel ang piliin ang mga diyos na dahil sa pagsamba sa kanila ang mga Amorrheo ay pinuksa! "Sa ganang akin at ng aking sambahayan," wika ni Josue, "mag- lilingkod kami sa Panginoon." Ang gano'n ding banal na kasigasigan ang naparating sa bayan. Ang kanyang mga panawagan ay pumukaw sa walang pag-aalinlangang tugunan, "Malayo nawa sa amin na aming pabayaan ang Panginoon sa paglilingkod sa ibang mga diyos."

"Kayo'y hindi makapaglilingkod sa Panginoon," wika ni Josue, "sapagkat siya'y isang banal na Dios;...hindi Niya ipatatawad ang inyong pagsalangsang ni ang inyong mga kasalanan." Bago magkaroon ng anumang permanenteng pagbabago, ang bayan ay kinakailangang maakay na madama ang lubos na kawalan nila ng kakayanan, sa kanilang sarili, na sumunod sa Dios. Kanilang sinalangsang ang Kanyang kautusan, hinahatulan sila noon na mga makasalanan, at iyon ay hindi nagkakaloob ng paraan upang makatakas. Samantalang sila ay nagtitiwala sa kanilang sariling lakas at katuwiran,

imposible para sa kanila ang magkamit ng kapatawaran para sa kanilang mga kasalanan; hindi nila magagawang matugunan ang hinihiling ng sakdal na kautusan ng Dios, at walang kabuluhan ang sila ay mangakong maglilingkod sa Dios. Sa pamamagitan lamang ng pananampalataya kay Kristo sila maaaring magkaroon ng kap- [618]
atawaran sa kasalanan, at makakatanggap ng lakas upang makasunod sa kautusan ng Dios. Kinakailangang itigil nila ang pagtitiwala sa sariling pagsisikap para sa kaligtasan, kinakailangang sila ay magtiwala ng lubos sa kabutihan ng ipinangakong Tagapagligtas, upang sila ay maging katanggap- tanggap sa Dios.

Sinikap ni Josue na akayin ang kanyang mga tagapakinig na timbangin ang kanilang mga salita, at umiwas sa mga pangakong hindi naman sila magiging handa upang tuparin. May puspos na kataimtiman ay inulit nila ang pahayag: "Hindi; kundi kami ay maglilingkod sa Panginoon." May kabanalang sumasangayon sa patotoo laban sa kanilang sarili na kanilang pinili si Jehova, minsan pa ay kanilang inulit ang kanilang pangako ng katapatan: "Ang Panginoon nating Dios ay aming paglilingkuran, at ang Kanyang tinig ay aming diringgin."

"Sa gayo'y nakipagtipan si Josue sa bayan nang araw na yaon, at nilagdaan niya sila ng palatuntunan at ng ayos sa Sichem." Matapos maisulat ang tala tungkol sa banal na tipanang iyon, kanyang inilagay iyon, kasama ng aklat ng kautusan, sa piling ng kaban. At siya ay nagtayo ng isang haligi bilang isang alaala na nagsasabi, "Narito, ang batong ito ay magiging saksi laban sa atin, sapagkat narinig nito ang lahat ng mga salita ng Panginoon, na Kanyang sinalita sa atin: ito nga'y magiging saksi laban sa inyo, baka ninyo itakwil ang inyong Dios. Sa gayo'y pinapagpaalam ni Josue ang bayan, bawat isa sa kanyang mana."

Ang gawain ni Josue para sa Israel ay tapos na. Siya'y "sumunod na lubos sa Panginoon;" at sa aklat ng Dios ay nasusulat, "lingkod ng Panginoon." Ang pinakamarangal na patotoo sa kanyang pagkatao bilang isang pinuno ng madla ay ang kasaysayan ng lahi na nakinabang sa kanyang mga paglilingkod: "At naglingkod ang Israel sa Panginoon sa lahat ng mga araw ni Josue, at sa lahat ng mga araw ng mga matandang natirang nabuhay kay Josue." [619]

## Kabanata 50—Ang mga Ikapu at mga Handog

Sa pamamalakad ng kabuhayan ng mga Hebreo, ang ikasampung bahagi ng kinikita ay ibinubukod para sa pangpublikong pagsamba sa Dios. Kaya't ipinahayag ni Moises sa Israel: "At lahat na ikasampung bahagi ng lupain, maging sa binhi ng lupain, o sa bunga ng punong kahoy ay sa Panginoon: magiging banal sa Panginoon." "At lahat ng ikasampung bahagi sa bakahan o sa kawan,...magiging banal sa Panginoon ang ikasampung bahagi." Levitico 27:30, 32.

Subalit ang pag-iikapu ay hindi nagmula sa mga Hebreo. Mula pa sa pinakaunang mga panahon ay inaangkin ng Panginoon ang ikapu na Kanya, at ang pag-aangking ito ay kinilala at iginalang. Si Abraham ay nagbigay ng ikapu kay Melquisedec, ang saserdote ng kataastaasang Dios. Genesis 14:20. Si Jacob nang siya ay nasa Betel, na isang pugante at isang lagalag, ay nangako sa Panginoon, "Lahat ng ibibigay mo sa akin ay walang pagsalang ang ikasangpung bahagi ay ibibigay ko sa iyo." Genesis 28:22. Nang ang mga Israelita ay maitatatag na bilang isang bansa, ang batas tungkol sa pag-iikapu ay pinagtibay, bilang isa sa mga tuntuning itinakda ng Dios na doon ay nakasalalay ang kanilang pag-unlad.

Ang sistema ng pag-iikapu at paghahandog ay itinakda upang ikintal sa isip ng mga tao ang isang malaking katotohanan—na ang Dios ang pinagmumulan ng bawat pagpapala sa Kanyang mga nilalang, at sa Kanya nauukol ang pagpapasalamat ng tao para sa rnabubuting mga kaloob ng Kanyang awa at tulong.

"Siya rin ang nagbibigay sa lahat ng buhay, at ng hininga, at ng lahat ng mga bagay." Gawa 17:25. Ipinahayag ng Panginoon, "Bawat hayop sa gubat ay Akin, at ang hayop sa libong burol." Awit 50:10. "Ang pilak ay Akin at ang ginto ay Akin." Hagai 2:8. At ang Dios ang nagbibigay ng kapangyarihan sa tao upang magkaroon ng kayamanan. Deuteronomio 8:18. Bilang pagkilala na ang lahat ng mga bagay ay nagmula sa Kanya, ipinag-utos ng Panginoon na ang
[620] isang bahagi ng kanilang kayamanan ay kinakailangang maisauli sa

Kanya bilang mga kaloob at mga handog na gugugulin sa pagsamba sa Kanya.

"Ang ikapu...ay sa Panginoon." Dito ang ginamit na pananalita ay tulad rin sa utos tungkol sa Sabbath. "Ang ikapitong araw ay sabbath sa Panginoon mong Dios." Exodo 20:10. Ang Dios ay nagbukod para sa Kanyang sarili ng isang nilinaw na bahagi ng panahon at tinatangkilik ng tao, at walang sinuman ang maaaring gumamit sa alin man sa dalawang ito para sa kanyang sarili na hindi nagkakasala.

Ang ikapu ay itinalaga upang magamit ng mga Levita, ang lipi na ibinukod para sa paglilingkod sa santuwaryo. Subalit hindi ito sa anumang paraan ang hangganan ng pagbibigay para sa gawaing pang- relihiyon. Ang tabernakulo, gano'n din naman ang templo nang makalipas iyon, ay naitayo sa pamamagitan lamang ng mga malayang handog; at upang maglaan para sa mga pagpapaayos, at iba pang mga gastusin, ipinag-utos ni Moises na tuwing ang mga tao ay bi- bilangin, ang bawat isa ay kinakailangang magkaloob ng kalahating siklo para sa "paglilingkod sa tabernakulo." Noong panahon ni Nehemias isang pagkakaloob ang ginagawa taun-taon para sa layuning ito. Tingnan ang Exodo 30:12-16; 2 Hari 12:4, 5; 2 Cronica 24:4-13; Nehemias 10:32, 33. Malimit, ang mga handog ukol sa kasalanan at sa pagpapasalamat ay dinadala sa Dios. Ang mga ito ay malakihang ipinagkakaloob sa taun-taong kapistahan. At ang pinakamalaking kaloob ay inilalaan para sa mga pulubi.

Bago pa man maibukod ang ikapu, ay mayroon nang pagkilala sa mga pag-aangkin ng Dios. Ang lahat ng mga unang bunga ng lupain, ay itinatalaga sa Kanya. Ang mga unang lana na makukuha sa mga tupa kapag ang mga iyon ay kinunan ng balahibo, ang mga butil kapag ang trigo ay giniik, una sa mga langis at sa alak, ay ibinubukod para sa Dios. Gano'n din naman ang mga panganay ng lahat ng mga hayop; at isang halagang pantubos ay ibinabayad para sa panganay na anak. Ang mga unang bunga ay kinakailangang dalhin sa Panginoon sa santuwaryo, at doon ay itinatalaga upang magamit ng mga saserdote.

Sa gano'ng paraan ang mga tao ay patuloy na napapaalalahanan na ang Dios ang tunay na nagmamay-ari ng kanilang mga bukid, mga kawan, at mga hayop; na Siya ang nagbibigay sa kanila ng sikat ng araw at ng ulan sa paghahasik ng binhi at sa pag-aani, at lahat ng

[621] kanilang tinatangkilik ay mga nilikha Niya at sila ay ginawang mga katiwala ng Kanyang mga kayamanan.

Samantalang ang mga lalaki ng Israel na may dalang mga unang bunga ng bukid at ng kakahuyan at ng ubasan ay natipon sa tabernakulo, mayroong isinasagawang pangpublikong pagkilala sa kabutihan ng Dios. Samantalang tinatanggap ng saserdote ang kaloob, ang naghahandog, na tila nagsasalita sa harap ni Jehova, ay nagsasabi, "Isang taga Siria na kamuntik nang mamatay ay ang aking ama;" at kanyang ilalarawan ang paninirahan sa Ehipto, ang pagpaparusang ginamit ng Dios upang ang Israel ay mailigtas "ng unat na bisig, at ng malaking kakilabutan, at ng mga tanda, at ng mga kababalaghan. At kanyang sasabihin: Kanyang dinala kami sa lupaing ito, at ibinigay sa amin ang lupaing binubukalan ng gatas at pulot. At ngayon, narito, aking dala ang mga una sa bunga ng lupa, na ibinigay mo sa akin, Oh Panginoon." Deuteronomio 26:5, 8-11.

Ang mga kaloob na ipinag-utos sa mga Hebreo para sa gawaing pang relihiyon at sa kawang-gawa ay umaabot sa ikaapat na bahagi ng kanilang kita. Ang gano'n kabigat na pagbubuwis ay maaaring asahang maghatid ng karukhaan sa kanila; subalit, kabaliktaran noon, ang matapat na pagganap sa mga patakarang ito ay isa sa mga kun- disyon sa kanilang pag-unlad. Sa kundisyon ng kanilang pagiging masunurin, ay ipinangako ng Dios sa kanila ang ganito: "Aking sasawayin ang mananakmal dahil sa inyo, at hindi niya sisirain ang mga bunga sa inyong lupa; ni malalagasan man ng bunga sa di panahon ang inyong puno ng ubas sa parang.... At tatawagin kayo ng lahat na mga bansa na mapalad: sapagkat kayo'y magiging maligayang lupain, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." Malakias 3:11.

Isang malinaw na paglalarawan na ibinubunga ng makasariling pagkakait pati ng mga malayang handog mula sa gawain ng Dios, ay inihayag noong mga panahon ni propeta Hagai. Nang sila ay bumalik mula sa kanilang pagkabihag sa Babilonia, isinagawa ng mga Hudyo ang pagtatayong muli ng templo ng Panginoon; subalit nang sila ay harapin ng malakas na pagpigil ng kanilang mga kaaway, ay hindi nila ipinagpatuloy ang gawain; at isang matinding tagtuyo, na sa pamamagitan noon sila ay tunay na nangailangan, ang humikayat sa kanila na hindi nila maaaring matapos ang pagtatayo ng templo. "Hindi pa dumarating ang panahon," wika nila, "ang

panahon baga sa inyo na tumahan sa inyong nakikisamahang bahay, samantalang ang bahay na ito ay namamalaging wasak? Ngayon nga'y ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Gunitain ninyo [622] ang inyong mga lakad. Kayo'y nangaghasik ng marami, at nagsisiani ng kaunti; kayo'y nagsisikain, ngunit hindi kayo nagkaroon ng sapat; kayo'y nagsisiinom, ngunit hindi kayo nangapapatirang uhaw; kayo'y nangananamit, ngunit walang mainit; at yaong kumikita ng mga pinagarawan ay kumikita ng mga pinagarawan upang ilagay sa supot na may mga butas." Hagai 1:2-6. At ang dahilan ay ibinigay: "Kayo'y nangaghintay ng marami, at, narito, ang dumating ay kaunti; at nang inyong dalhin sa bahay, aking hinipan. Bakit? sabi ng Panginoon ng mga hukbo. Dahil sa ang aking bahay ay nahahandusan na wasak, samantalang tumatakbo bawat isa sa inyo sa kani-kanyang sariling bahay. Kaya't dahil sa inyo, pinipigil ng langit ang hamog, at ipinagkakait ng lupa ang kanyang bunga. At ako'y nagpasapit ng pagkatuyo sa lupa, at sa mga bundok, at sa trigo, at sa alak, at sa langis, at sa sumisibol sa lupa, at sa mga tao, at sa baka, at sa lahat ng pinagpagalan ng mga kamay." Talatang 9-12. "Pagka ang isa ay lumalapit sa isang bunton ng dalawampung takal, may sampu lamang; pagka ang isa ay lumalapit sa pigaan ng alak upang kumuha ng limangpung sisidlan, may dalawangpu lamang. Sinalot ko kayo ng pagkalanta at ng amag at ng granizo sa lahat ng gawa ng inyong mga kamay." Hagai 2:16-19.

Nakilos ng mga babalang ito, ang mga tao ay gumayak upang itayo ang bahay ng Dios. At dumating ang salita ng Panginoon sa kanila: "Kayo'y magdilidili mula sa araw na ito at sa hinaharap, mula nang araw na ang tatagang-baon ng templo ng Panginoon ay ilagay,...mula sa araw na ito ay pagpapalain ko kayo." Hagai 2:18, 19.

Wika ng pantas na lalaki, "May nagsasabog, at tumutubo pa, at may humahawak naman ng higit kay sa karampatan, ngunit nauuwi lamang sa pangangailangan." Kawikaan 11:24. At ang gano'n ding liksyon ay itinuturo sa Bagong Tipan ni apostol Pablo: "Ang naghahasik ng bahagya na ay mag-aani namang bahagya na; at ang naghahasik na sagana ay mag-aani namang sagana." "At maaaring gawin ng Dios na ang lahat ng biyaya ay magsisagana sa inyo; upang kayo, na mayroong laging buong kaya sa lahat ay magsipanagana sa bawat mabuting gawa." 2 Corinto 9:6, 8.

Panukala ng Dios na ang Kanyang bayang Israel ay maging taga- paghatid ng liwanag sa lahat ng naninirahan sa lupa. Sa pagpapanatili sa pagsambang ito na pangpubliko sila ay naghahatid ng isang patotoo sa pagkakaroon at pagkamakapangyarihan sa lahat ng
[623] buhay na Dios.

At isang karapatan nilang panatilihin ang pagsambang ito bilang isang pagpapahayag ng kanilang katapatan at ng kanilang pag-ibig sa Kanya. Itinalaga ng Panginoon na ang pagpapalaganap ng liwanag at ng katotohanan sa lupa ay mapasalalay sa pagsisikap at mga kaloob noong mga nakikibahagi sa kaloob ng langit. Maaari sanang ginawa Niyang mga sugong tagapaghatid ng Kanyang katotohanan ang mga anghel; maaari sanang ipinahayag Niya ang Kanyang kalooban kung paanong ipinahayag Niya ang kautusan mula na Sinai, sa pamamagitan ng sarili niyang tinig; subalit sa Kanyang walang hanggang pag-ibig at karunungan ay tumawag Siya ng bayan upang maging mga kamang- gagawa niya, sa pamamagitan ng pagpili sa kanila upang magsagawa ng gawaing ito.

Noong mga panahon ng Israel ang ikapu at malayang mga handog ay kinailangan upang mapanatili ang mga serbisyo ng pagsamba sa Dios. Ang bayan ba ng Dios sa panahong ito ay kinakailangang magbigay ng higit na kakaunti? Ang prinsipyong inilahad ni Kristo ay kinakailangang ang ating mga handog sa Dios ay batay sa liwanag at mga karapatan na ating pinakikinabangan. "Sa sinomang binigyan ng marami ay marami ang hihingin sa kanya." Lucas 12:48. Wika ng Tagapagligtas sa mga alagad, samantalang sila ay pinahahayo niya, "tinanggap ninyong walang bayad, ay ibigay ninyong walang bayad." Mateo 10:8. Samantalang ang ating mga pagpapala at mga karapatan ay pinararami—higit sa lahat, samantalang sa harap natin ay mayroong di napapantayang sakripisyo ng maluwalhating Anak ng Dios—hindi ba marapat na ang pagpapasalamat ay mabigkas sa pamamagitan ng saganang mga kaloob upang maparating sa iba ang pabalita ng kaligtasan? Ang gawain ng ebanghelyo, samantalang ito ay lumalaganap, ay nangangailangan ng higit na pangtustos kaysa kinailangan noong una; at ginagawa nitong higit na kailangang-kailangan ngayon ang batas tungkol sa mga ikapu at mga handog kaysa noong panahon ng mga Hebreo. Kung malugod na pananatilihin ng Kanyang bayan ang Kanyang gawain sa pamamagitan ng kanilang malayang mga kaloob, sa halip na gumamit ng mga

paraang hindi pang-Kristiano at hindi banal upang inapuno ang kabang yaman, ang Dios ay mapa- rarangalan, at marami pang mga kaluluwa ang mahihikayat kay Kristo.

Ang panukala ni Moises sa paglikom ng kakailanganin para sa pagtatayo ng tabernakulo ay lubhang naging matagumpay. Walang kinailangang pamimilit. Ni hindi Siya gumamit ng mga paraan na [624] malimit ginagamit ng mga iglesia ngayon. Hindi Siya gumawa ng malaking piging. Hindi Niya inanyayahan ang mga tao sa mga pag- sasaya, pagsasayawan, at mga aliwan; ni hindi Siya nagsagawa ng pagsasapalaran, ni ano pa man na ganito rin na mababa ang uri, upang magkaroon ng pangtustos sa pagpapatayo ng tabernakulo ng Dios. Ipinag-utos ng Panginoon kay Moises na anyayahan ang mga anak ni Israel upang maghatid ng kanilang mga handog. Kanyang tatanggapin ang mga kaloob mula sa bawat isa na nagbibigay ng bukal sa loob, mula sa kanyang puso. At ang mga handog ay nagsidating ng gano'n na lamang karami kung kaya't ipinag-utos ni Moises na itigil na ang paghahatid, sapagkat sila ay nakapagkaloob na ng higit sa gagamitin.

Ang mga tao ay ginawa ng Dios na Kanyang mga katiwala. Ang pag-aari na Kanyang inilagay sa kanilang mga kamay ang pantustos na ipinagkaloob Niya para sa pagpapalaganap ng ebanghelyo. Doon sa mga nasusumpungang mga tapat na katiwala Siya ay nagbibigay ng higit pang ipagkakatiwala. Wika ng Panginoon, "Yaong mga nagpaparangal sa Akin ay Aking pararangalin." 1 Samuel 2:30. "Iniibig ng Dios ang nagbibigay na masaya," at kapag ang Kanyang bayan na may nagpapasalamat na mga puso ay naghatid ng kanilang mga kaloob sa Kanya na "hindi mabigat ang loob, o dahil sa kailangan," ang Kanyang pagpapala ay sasa kanila, ayon sa Kanyang ipinangako. "Dalhin ninyo ang buong ikasampung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at subukin ninyo Ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi Ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog Ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan." Malakias 3:10. [625]

# Kabanata 51—Ang Pangangalaga ng Dios so Mahihirap

Upang mapatatag ang pagtitipon ng bayan para sa mga serbisyong pangrelihiyon, at upang makapaglaan para sa mga mahihirap, isang ikalawang ikapu ng lahat ng kita ay kinailangan. Tungkol sa unang ikapu, ay ipinahayag ng Panginoon, "Sa mga anak ni Levi, ay narito, Aking ibinigay ang lahat ng ikasampung bahagi sa Israel." Mga Bilang 18:21. Subalit tungkol sa ikalawa ay Kanyang ipinagutos, "Iyong kakanin sa harap ng Panginoon mong Dios, sa dakong Kanyang pipiliin na patatahanan sa kanyang pangalan, ang ikasampung bahagi ng iyong trigo, ng iyong alak at ng iyong langis, at ang mga panganay sa iyong bakahan at sa iyong kawan; upang mag-aral kang matakot sa Panginoon mong Dios na palagi." Deuteronomio 14:23, 29; 16:11- 14. Ang ikapung ito o ang katumbas nito na salapi, sa loob ng dalawang taon ay kanilang dadalhin sa dakong kinatatayuan ng santuwaryo. Matapos magkaloob ng handog ng pagpapasalamat sa Dios, at isang itinakdang bahagi sa saserdote, ang matitira ay gagamitin ng mga nanunungkulan para sa isang piging na pangrelihiyon, kung saan ang levita, ang tagaibang lupa, ang walang ama, at ang babaeng balo ay nakikibahagi. Kaya't sa pamamagitan noon ay mayroong nakalaan para sa handog ng pagpapasalamat at mga kapistahan sa taun-taong mga pagtitipon, at ang mga tao ay naaakit makipisan sa mga saserdote at sa mga levita, upang sila ay makatanggap ng turo at ng pagpapasigla sa paglilingkod sa Dios.

Tuwing ikatatlong taon gano'n pa man, ang ikalawang ikapung ito ay ginagamit sa tahanan, sa pagtanggap sa Levita at sa mahihirap, batay sa sinabi ni Moises, "upang sila'y makakain sa loob ng iyong pintuang daan, at mabusog." Deuteronomio 26:12. Ang ikapung ito ay nagsisilbing pangtustos sa kawang gawa at sa pagtanggap ng panauhin.

At ibayo pang paglalaan ang isinagawa para sa mga mahirap. Wala nang iba pa, matapos ang kanilang pagkilala sa pagmamay-ari ng Dios, na higit na nagtatanyag sa mga kautusang ibinigay ni

Moises liban sa mapagbigay, mapagmahal, at espiritu ng pagiging mapag- tanggap sa mahihirap; Bagaman ang Dios ay nangako na lubos na pagpapalain ang Kanyang bayan, hindi Niya pinanukalang ang karuk- haan ay lubos na mawawala sa kanilang kalagitnaan. Kanyang ipinahayag na ang mahirap ay hindi kailan man mawawala sa lupain. Laging magkakaroon sa Kanyang bayan ng tatawag sa kanilang pakikiramay, pagmamahal, at pagiging mapagbigay. Noon, tulad rin ngayon, ang mga tao ay nakakaranas ng kasawiang palad, pagkakasakit, at pagkawala ng ari-arian; gano'n pa man, hanggat kanilang sinusunod ang mga tagubilin ng Dios, ay walang magpapalimos sa kanila, ni nagkaroon man nang nagdusa dahil sa kawalan ng pagkain. [626]

Ang kautusan ng Dios ang nagbibigay ng karapatan sa mga mahirap para sa isang bahagi ng bunga ng lupain. Kapag nagugutom, ang isang tao ay may layang makatutungo sa bukid ng kanyang kapwa o kakahuyan o ubasan, at kumain ng butil o bunga upang ang kanyang gutom ay mapawi. Sang-ayon sa kautusang ito ang mga alagad ni Jesus ay pumitas at kumain ng butil samantalang sila'y dumadaan sa isang bukid nang araw ng Sabbath.

Ang lahat ng mapupulot sa bukid na pinag-anihan, o kakahuyan, at ubasan, ay para sa mahirap. "Pagka iyong aanihin ang iyong ani sa bukid," wika ni Moises, "at nakalimot ka ng isang bigkis sa bukid, ay huwag mong babalikang kunin.... Pagka iyong papaspasan ang iyong puno ng olibo, ay huwag mong pagbabalikan ang mga nalagpasan.... Pagka ikaw ay namimitas sa iyong ubasan, ay huwag mong pupulutin ang nasa likuran mo; magiging sa taga ibang bayan, sa ulila, at sa babaeng balo. At iyong aalalahanin na naging alipin ka sa lupain ng Ehipto." Deuteronomio 24:19-22; Levitico 19:9, 10.

Tuwing ika pitong taon, ay mayroong espesyal na inilalaan para sa mahirap. Ang taon ng kapahingahan, gaya ng itinawag doon, ay nagsisimula matapos ang pag-aani. Sa panahon ng paghahasik na kasunod ng pag-ani, ang mga tao ay hindi dapat maghasik; hindi nila lilinisin ang ubasan para sa tagsibul; at hindi sila aasang aani ni mamumuti ng ubas. Doon sa kusang ibinubunga ng lupain sila ay maaaring kumain samantalang bagong pitas, subalit hindi marapat na kanilang itabi ang bahagi noon sa mga kamalig. Ang magiging bunga sa taong ito ay magiging walang bayad para sa mga taga ibang

lupa, sa walang ama, at sa balo, at maging sa mga nilikhang nasa
[627] parang. Exodo 23:10, 11; Levitico 25:5.

Subalit kung ang lupain ay pangkaraniwang nagbubunga lamang ng sapat upang matugunan ang pangangailangan ng mga tao, paano sila kakain sa taon na walang pag-aani? Ukol dito ang pangako ng Dios ay naghahayag ng sasapat sa pangangailangan. "Aking igagawad ang Aking pagpapala sa inyo sa ikaanim na taon," wika Niya, "at magbubunga ng kasya sa tatlong taon. At maghahasik kayo sa ikawalong taon, at kakain kayo ng dating kinamalig na mga bunga hanggang sa ikasiyam na taon, hanggang sa dumating ang pagbubunga ng ikawalo ay kakain kayo ng dating kinamalig." Levitico 25:21, 22.

Ang pagtupad sa taon ng kapahingahan ay maging pagpapala kapwa sa lupain at sa bayan. Ang lupa, na hindi mabubungkal sa loob ng isang panahon, makalipas iyon ay higit pang magiging mabunga. Ang mga tao ay nagiging malaya sa mga gawain sa bukid; at bagamat maraming iba pang mga gawain na maaaring harapin sa panahong ito, ang lahat ay nagkakaroon ng ibayong kasiyahan sa mga oras na walang ginagawa, na nagbibigay ng pagkakataon upang manauli ang kanilang mga lakas ng pangangatawan na kakailanganin sa mga paggawa sa susunod na mga taon. Sila ay mayroong higit na panahon upang magmuni-muni at manalangin, upang mabatid para sa kanilang mga sarili ang mga turo at kautusan ng Panginoon, at sa pagtuturo sa kanilang mga sambahayan.

Sa taon ng kapahingahan ang mga aliping Hebreo ay kinakailangang palayain, at sila ay hindi kinakailangang paalisin na walang naging kabahagi. Ang ipinag-utos ng Panginoon ay: "At pagka iyong papag- papaalaming laya sa iyo, ay huwag mo siyang papagpapaalaming walang dala: Iyo siyang papagbabaunin na may kasaganaan ng bunga ng iyong kawan, at ng iyong giikan, at ng iyong pisaan ng ubas, kung paano ang ipinagpala sa iyo ng Panginoon mong Dios, ay bibigyan mo siya." Deuteronomio 15:13, 14.

Ang upa sa mga manggagawa ay kinakailangang maibigay sa oras: "Huwag mong pipighatiin ang isang nagpapaupang dukha at salat, maging siya'y sa iyong mga kapatid, o sa mga iyong taga ibang bayan na nangasa inyong bayan.... Sa kanyang kaarawan ay ibibigay mo sa kanya ang kanyang kaupahan, ni huwag lulubugan

ng araw; sapagkat siya'y mahirap, at siyang inaasahan ng kanyang puso." Deuteronomio 24:14,15.

Espesyal na mga utos ay ibinigay rin tungkol sa pakikitungo sa mga tumakas mula sa paglilingkod: "Huwag mong ibibigay sa kanyang panginoon ang isang aliping nagtanan sa kanyang [628] panginoon na napasa iyo. Siya'y tatahang kasama mo, sa gitna mo, sa dakong kanyang pipiliin sa loob ng isa sa iyong mga pintuang daan na kanyang magalingin: huwag mo siyang pipighatiin." Deuteronomio 23:15,16.

Para sa mahirap, ang ikapitong taon ay taon ng paglaya mula sa pagkakautang. Ang mga Hebreo ay pinag-utusang tumulong sa lahat ng panahon sa mga nangangailangan nilang mga kapatid sa pamamagitan ng pagpapahiram sa kanila ng salapi na walang patubo. Ang labis na pagpapatubo sa isang mahirap ay malinaw na ipinagbawal: "Kung maghirap ang iyong kapatid at manglupaypay sa iyong siping, ay iyo siyang aalalayan na patutuluyin mo, na manunuluyan sa iyong parang taga ibang bayan at nakikipamayan. Huwag kang kukuha sa kanya ng patubo o pakinabang, kundi matakot ka sa iyong Dios: patuluyin mo ang iyong kapatid. Ang iyong salapi ay huwag mong ibibigay sa kanya na may patubo, ni ibibigay mo sa kanya na may pakinabang ang iyong pagkain." Levitico 25:35-37. Kung ang utang ay manatiling hindi nababayaran hanggang sa taon ng pagpapalaya, ang halaga ng inutang ay hindi na rin maibabalik. Ang bayan ay malinaw na binabalaan sa hindi pagtulong sa nangangailangan nilang kapatid dahil dito: "Kung magkaroon sa iyo ng isang dukha, na isa sa iyong mga kapatid,...huwag mong pagmamatigasin ang iyong puso, ni pagtitikuman ng iyong kamay ang iyong dukhang kapatid.... Pag- ingatan mong huwag magkaroon ng masamang pagiisip sa iyong puso, na iyong sabihin, Ang ikapitong taon, na taon ng pagpapatawad, ay malapit na; at ang iyong mata'y magsasama laban sa iyong dukhang kapatid at hindi mo siya bigyan; at siya'y dumaing sa Panginoon laban sa iyo, at maging kasalanan sa iyo." "Hindi mawawalan ng dukha sa lupain kailan man: kaya't Aking iniutos sa iyo, na Aking sinasabi, Bubukhin mo nga ang iyong kamay sa iyong kapatid, sa nagkakailangan sa iyo, at sa dukha mo, sa iyong lupain," "at iyo ngang pauutangin siya ng sapat sa kanyang kailangan sa kanyang kinakailangan." Deuteronomio 15:7-9, 11, 8.

Walang kinakailangang matakot na ang kanilang pagiging mapagbigay ay maaaring maghatid sa kanila sa pangangailangan. Ang pagsunod sa mga ipinag-uutos ng Dios ay tiyak na nagbubunga ng kasaganahan. "Ikaw ay magpapautang sa maraming mga bansa, ngunit hindi ka mangungutang; ikaw ay magpupuno sa maraming
[629] bansa, ngunit hindi ka nila pagpupunuan." Deuteronomio 15:6.

Makalipas ang "pitong sabbath ng taon," "makapitong pitong taon," ay sumasapit ang dakilang taon ng pagpapalaya—ang jubileo. "Pa- tutunugin ninyo ang pakakak sa buong lupain ninyo. At ipangingilin ninyo ang ikalimang pung taon, at ihahayag ninyo sa buong lupain ang kalayaan sa lahat ng tumatahan sa lupain: iya'y magiging kapistahan ng jubileo sa inyo; at bawat isa sa inyo ay babalik sa kanyang pag-aari, at bawat isa'y babalik sa kanyang sangbahayan." Levitico 25:9, 10.

"Sa ikasangpung araw ng ika pitong buwan, sa araw ng Pagtubos," ang pakakak ng jubileo ay pinatutunog. Sa buong lupain, saan man ang bayang Hudyo ay naninirahan, ang tunog ay naririnig, nana- nawagan sa lahat ng anak ni Jacob na salubungin ang taon ng kalayaan. Sa dakilang Araw ng Pagtubos nagsasagawa ng pagbabayad para sa mga kasalanan ng Israel, at may kagalakan ang pusong sinasalubong ng bayan ang jubileo.

Tulad rin sa taon ng kapahingahan, ang lupa ay hindi hinahasikan o inaanihan, at ang lahat ng nagiging bunga noon ay itinuturing na karapatang pag-aari ng mahirap. Ang ilang mga grupo ng mga aliping Hebreo—lahat ng hindi nagkaroon ng kanilang kalayaan sa taon ng sabbath—ay pinalalaya ngayon. Subalit ang bukod tanging nagbu- bukod sa taon ng jubileo ay ang pagsasauli ng lahat ng lupang pag- aari sa sambahayan ng orihinal na may-ari. Sa pamamagitan ng espesyal na tagubilin ng Dios and lupain ay hinati-hati sa pamamagitan ng pagtutoka. Matapos maisagawa ang pagbabahagi, walang sinoman ang may layang ipagpalit ang kanyang lupa. Ni hindi rin niya marapat na maipagbibili ang kanyang lupa malibang mapilitang gawin iyon dahil sa kahirapan, at kung magkagayon, kung sakaling naisin niya o ng kanyang malapit na kamag-anak na iyon ay tubusin, ang nakabili ay hindi dapat tumanggi na iyon ay ipagbili; at kung hindi natubos, iyon ay ibabalik sa unang may-ari noon o sa kanyang mga inanak sa taon ng jubileo.

Ipinag-utos ng Panginoon sa Israel: “Ang lupain ay hindi maipagbibili ng magpakailan man; sapagkat Akin ang lupain; sapagkat kayo’y taga ibang bayan at makikipamayang kasama Ko.” Levitico 25:23. Kinakailangang mapatanim sa isipan ng mga tao ang katotohanan na pag-aari ng Dios ang lupain na ipinahintulot na kanilang ariing pansamantala; na Siya ang tunay na may-ari, ang original na [630]
may karapatan, at Siya ay may natatanging pagbibigay pansin para sa mahirap at kapus-palad. Kinakailangang mapatanim sa isipan ng lahat na ang mahirap ay mayroon ding karapatan sa sanlibutan ng Dios tulad sa higit na mayaman.

Gano’n ang mga inilaan ng ating mahabaging Manlalalang, upang mabawasan ang paghihirap, upang maghatid ng ilang sinag ng pagasa, upang magparating ng ilang sikat ng araw sa dukha at sa kapus- palad.

Nais ng Dios maglagay ng isang pagtutuwid sa hindi angkop na pag-ibig sa pag-aari at sa kapangyarihan. Malaking mga kasamaan ang maaaring ibunga ng patuloy na pagkakamit ng kayamanan ng isang uri at kahirapan at pagkaapi ng isa. Kung walang ano mang pangpigil, ang kapangyarihan ng mayaman ay magiging isang monopolyo, at ang mahirap, bagaman sa bawat aspeto ay gano’n din ang halaga sa harap ng Dios, sila ay kikilalanin at pakikitunguhan na parang nakabababa kaysa mga kapatid nilang higit na mayaman. Ang pagkadama ng ganitong pagkaapi ay pupukaw sa mga damdamin ng mahihirap. Magkakaroon ng pagkadama ng kawalan ng pag-asa at panlulupaypay na humahantong sa pagkasira ng lipunan, at nag- bubukas ng pinto sa iba’t-ibang uri ng krimen. Ang mga patakarang itinatag ng Dios ay inihanda upang magpatibay sa pagkakapantay- pantay sa lipunan. Ang mga paglalaan ng taon ng kapahingahan at ng jubileo sa isang malaking banda ay magtutuwid doon sa mga nasira sa lipunan at pangpulitikong takbo ng pamumuhay sa bansa.

Ang mga patakarang ito ay inihanda upang maging pagpapala sa mayaman gano’n din sa mahirap. Pipigilin ng mga ito ang kaimbutan at ang hilig sa pagpaparangal sa sarili, at magpapasulong ng isang marangal na espiritu ng pagkamapagbigay; at sa pamamagitan ng pagtataas sa mabuting pagsasamahan at pagtitiwala sa pagitan ng lahat ng uri, kanilang itataas ang kaayusan sa lipunan, at katatagan ng pamahalaan. Tayong lahat ay magkakaugnay sa isang malaking

habi ng sangkatauhan, at anuman ang ating magagawa upang maging pagpapala at makapagtaas sa iba ay babalik bilang mga pagpapala sa ating sarili. Ang batas ng pagdadamayan sa isa't isa ay kumikilos sa lahat ng uri ng tao sa lipunan. Ang mahirap ay hindi higit na nangangailangan ng tulong ng mayaman kaysa kung paanong ang mayaman ay nangangailangan ng tulong ng mahirap. Samantalang ang isang uri ay nakikibahagi sa mga pagpapalang ipinagkaloob
[631] ng Dios sa kapwa nilang higit na mayaman, ang isa naman ay nangangailangan ng matapat na paglilingkod, ng kapangyarihan ng pag-iisip, buto, at kalamnan na siyang puhunan ng mahirap.

Malaking mga pagpapala ang ipinangako sa Israel sa kondisyon ng pagiging masunurin sa mga ipinag-utos ng Panginoon. "Maglalagpak nga Ako ng ulan sa kapanahunan," pahayag Niya, "at ang lupain ay pakikinabangan, at ang mga kahoy sa parang ay magbubunga. At ang inyong paggiik ay aabot sa pag-aani ng mga ubas, at ang pag-aani ng ubas ay aabot sa paghahasik: at kakanin ninyo ang inyong pagkain na sagana, at tatahan kayong tiwasay sa inyong lupain. At magbibigay Ako ng kapayapaan sa lupain, at mahihiga kayo, at walang katatakutan kayo: at Aking papawiin sa lupain ang mababangis na hayop, ni hindi dadaan ang inyong lupain sa tabak.... At lalakad Ako sa gitna ninyo at Ako'y magiging inyong Dios, at kayo'y magiging Aking bayan.... Ngunit kung hindi ninyo pakikinggan Ako, at hindi ninyo tutuparin ang lahat ng mga utos na ito; at...inyong sisirain ang Aking tipan:...maghahasik kayo ng inyong binhi na walang kabuluhan, sapagkat kakanin ng inyong mga kaaway. At itititig Ko ang Aking mukha laban sa inyo, at kayo'y masasaktan sa harap ng inyong mga kaaway: kayo'y pagpupunuan ng mga napopoot sa inyo; at kayo'y tatakas nang walang humahabol sa inyo." Levitico 26:4-17.

Marami ang lubos na ipinaggigiitan na ang lahat ng tao ay kinakailangang magkaroon ng pare-parehong bahagi sa mga pangkasalukuyang mga pagpapala ng Dios. Subalit hindi ito ang layunin ng Manlalalang. Ang pagkakaiba ng kalagayan sa buhay ay isang paraan na sa pamamagitan noon ay panukala ng Dios na subukin at palaguin ang pagkatao. Gano'n pa man layunin Niya na yaong may mga pag- aari dito sa mundo ay ituturing ang kanilang mga sarili na pawang mga katiwala ng Kanyang mga yaman, pinagkatiwalaan ng

kayamanan upang magamit para sa kapakanan ng naghihirap at ng nangangailangan.

Sinabi ni Kristo na tayo ay palaging magkakaroon ng kasamang mahirap, at iniuugnay Niya ang Kanyang pagmamalasakit doon sa mga naghihirap sa Kanyang bayan. Ang puso ng Tagatubos ay nakikiramay sa pinakamahirap at pinakaaba sa Kanyang mga anak sa lupa. Kanyang sinasabi sa atin na sila ang Kanyang mga kinatawan sa lupa. Kanyang inilagay sila sa ating kalagitnaan upang sa ating puso ay pumukaw ng pag-ibig na Kanyang nadarama para doon sa mga naghihirap at naaapi. Ang habag at pagiging mapagbigay na [632]
ipinakita sa kanila ay tinatanggap ni Kristo na ipinakita sa Kanya. Ang kalupitan o pagpapabaya sa kanila ay itinuturing na tila ginawa sa Kanya.

Kung ang kautusang ibinigay ng Dios alang-alang sa mahirap ay patuloy na naisakatuparan, kay laking kaibahan ng magiging kalagayan ng sanlibutan sa kasalukuyan, sa moralidad, sa espirituwalidad at sa pansamantalang pamumuhay! Ang pagkamakasarili at pagpapahalaga sa sarili ay hindi magiging tulad sa nahahayag ngayon, at sa halip ay magkakaroon ang bawat isa ng pag-ibig sa mabuting pagpapahalaga sa kaligayahan at kapakanan ng iba; at ang ganitong laganap na kahirapan tulad sa makikita ngayon sa maraming mga lupain, ay hindi mangyayari.

Ang mga prinsipyong ipinag-utos ng Dios, ay makapagpapaiwas sa maraming kasamaan na sa lahat ng mga panahon ay naging bunga ng pang-aapi ng mayaman sa mahirap, at sa paghihinala at galit ng mahirap sa mayaman. Bagamat ang mga iyon ay maaaring humadlang sa pagkamal ng malaking kayamanan, at pagpapahintulot sa karang- yaan, maiiwasan noon ang mga bunga noon na kakapusan ng kaalaman at pagkaapi ng sampu-sampung libo na ang paglilingkod na hindi halos nauupahan ay kinailangan upang magkaroon ng malalaking mga kayamanan. Ang mga ito ay maghahatid ng isang mapayapang solusyon sa mga suliranin na ngayon ay nagbabantang pumuno sa sanlibutan ng laganap na kaguluhan at pagdanak ng dugo. [633]

## Kabanata 52—Ang Taun-taong mga Kapistahan

Ang kabanatang ito ay batay sa Levitico 23.

Mayroong tatlong taunang pagtitipon ang buong Israel para sa pagsamba sa santuwaryo. Exodo 23:14-16. Ang Silo sa isang kapanahunan ang naging lugar para sa mga pagtitipong ito; subalit makalipas iyon ang Jerusalem ang naging sentro ng pagsamba ng bayan, at dito ang mga lipi ay nagtitipon para sa banal na mga kapistahan.

Ang bayan ay napapaligiran ng mabagsik at mapangdigmang mga tribo, na sabik sa pag-agaw sa kanilang mga lupain; gano'n pa man tatlong beses taun-taon ang lahat ng mga malalakas na kalalakihan, at lahat ng taong makapaglalakbay, ay tinagubilinang iwan ang kanilang mga tahanan, at magtungo sa lugar ng pagtitipon, malapit sa sentro ng lupain. Ano ang humahadlang sa kanilang mga kaaway mula sa paglusob sa mga hindi naiingatang mga tahanan, upang iyon ay sirain sa pamamagitan ng apoy at ng tabak? Ano ang hahadlang sa isang pagsalakay sa lupain, na maaaring maghatid sa Israel sa pagka- bihag sa dayuhang kalaban? Ang Dios ay nangako na siya ang magiging tagapag-ingat ng Kanyang bayan. "Ang anghel ng Panginoon ay humahantong sa buong palibot ng nangatatakot sa Kanya, at ipinagsasanggalang sila." Awit 34:7. Samantalang ang mga Israelita ay nagtutungo sa pagsamba, ang kapangyarihan ng Dios ay naglalagay ng hadlang sa kanilang mga kaaway. Ang pangako ng Dios ay, "Aking palalayasin ang mga bansa sa harap mo, at Aking palalaparin ang iyong mga hangganan: at hindi pagnanasaan ng sinoman ang iyong lupain, pagka ikaw ay pumapanhik na humarap sa Panginoong iyong Dios, na makaitlo sa isang taon." Exodo 34:24.

Una sa mga kapistahang ito, ang Paskua, ang kapistahan ng tinapay na walang lebadura, ay ginaganap kung Abib, ang unang buwan ng taon ng mga Hudyo, katapat ng huling bahagi ng Marso at pasimula ng Abril. Tapos na ang taglamig, tapos na ang huling ulan,

at ang buong nilikha ay nagagalak sa kasariwaan at kagandahan ng tagsibol. Ang damo ay luntian sa mga burol at mga libis, at ang ligaw na mga bulaklak sa lahat ng dako ay nagpapaganda sa mga parang. [634]
Ang buwan, na ngayon ay papalapit na sa kabilugan, ay nagpapasaya sa mga gabi. Iyon ang panahon na magandang inilarawan ng banal na mang-aawit:

"Ang tagginaw ay nakaraan;
Ang ulan ay lumagpas at wala na;
Ang mga bulaklak ay namumukadkad sa lupa;
Ang panahon ng pag-aawitan ng mga ibon ay dumarating,
At ang tinig ng bato-bato ay naririnig sa ating lupain;
Nahihinog ang sariwang mga bunga ng puno ng higos,
At ang mga puno ng ubas ay namumulaklak,
Kanilang pinahahalimuyak ang kanilang bango."

Awit ng mga Awit 2:11-13.

Sa buong lupain, pulu-pulutong ng mga naglakbay ang nagtutungo sa Jerusalem. Ang mga pastol ng tupa mula sa kanilang mga kawan, ang mga tagapag-alaga ng hayop mula sa mga bundok, mga mangi- ngisda mula sa dagat ng Galilea, ang mga magsasaka mula sa kanilang mga bukid, at ang mga anak ng mga propeta mula sa mga banal sa mga paaralan—ang lahat ay patungo sa dako na kung saan ang presensya ng Dios ay nahahayag. Sila ay tumitigil sa mga pahingahan, sapagkat marami ang naglalakad. Ang mga pulutong ay patuloy na nadadagdagan, at malimit ay nagiging lubhang napakarami bago makarating sa Banal na Lungsod.

Ang kagalakan ng kalikasan ay pumupukaw ng kaligayahan sa puso ng mga Israelita, at pagpapasalamat sa Tagapagbigay ng lahat ng mabuti. Ang dakilang awit ng mga Hebreo ay inaawit, itinataas ang kaluwalhatian at kapangyarihan ni Jehova. Sa hudyat ng pakakak, kasabay ng tunog ng mga pompyang, ang koro ng pagpapasalamat ay maririnig, na pinalakas ng daan-daang mga tinig:

"Ako'y natutuwa nang kanilang sabihin sa akin,
Tayo'y magsiparoon sa bahay ng Panginoon.
Ang mga paa natin ay nagsisitayo
Sa loob ng iyong mga pintuang bayan, Oh Jerusalem;...

Na inaahon ng mga lipi, sa makatuwid baga'y ng mga lipi ng
Panginoon,...
Upang magpasalamat sa pangalan ng Panginoon....
Idalangin ninyo ang kapayapaan ng Jerusalem:
Sila'y magsisiginhawa na nagsisiibig sa iyo."

Mga Awit 122:1-6.

[635]

Samantalang nakikita nila sa kanilang paligid ang mga burol na kung saan ang mga hindi kumikilala sa Dios ay nagtutungo upang magsunog sa kanilang mga dambana, ang mga anak ni Israel ay umaawit:

"Akin bang ititingin ang aking mga mata sa mga bundok?
Saan ba nanggagaling ang aking saklolo?
Ang saklolo sa akin ay nanggagaling sa Panginoon,
Na gumawa ng langit at lupa."

Mga Awit 121:1, 2.

"Silang nagsisitiwala sa Panginoon
Ay parang bundok ng Sion, na hindi maaaring makilos,
kundi nananatili magpakailan man.
Kung paanong ang mga bundok na nangasa palibot ng
Jerusalem,
Gayon ang Panginoon sa palibot ng Kanyang bayan,
Mula sa panahong ito at sa magpakailan man."

Mga Awit 125:1,2.

Pagpanhik sa mga burol kung saan kanilang natatanaw ang banal na lungsod, sila ay tumitingin ng may banal na pagkamangha sa malalaking grupo ng mga magsisisamba na patungo sa templo. Kanilang nakikita ang usok ng insenso na tumataas, at samantalang kanilang naririnig ang tunog ng pakakak ng mga Levita na nagbabalita ng banal na serbisyo, kanilang nahahagip ang inspirasyon ng sandaling iyon at kanilang inaawit:

"Dakila ang Panginoon, at marapat pakapurihin,

Sa bayan ng aming Dios, sa Kanyang banal na bundok.
Maganda sa kataasan, ang kagalakan ng buong lupa,
Siyang Bundok ng Sion, sa mga dako ng hilagaan,
Na bayan ng dakilang Hari."

Mga Awit 48:1, 2.

"Kapayapaan nawa ang sumaloob ng inyong mga kuta,
At kaginhawahan sa loob ng iyong mga palasyo."

"Buksan ninyo sa akin ang mga pintuan ng katuwiran:
Aking papasukan, ako'y magpapasalamat sa Panginoon."

"Aking babayaran ang mga panata ko sa Panginoon
Oo, sa harapan ng buo niyang bayan,
Sa mga looban ng bahay ng Panginoon,
Sa gitna mo, Oh Jerusalem,
Purihin ninyo ang Panginoon."

Mga Awit 122:7; 118:19;
116:18, 19.

[636]

Ang lahat ng mga bahay sa Jerusalem ay binubuksan para sa mga manlalakbay, at ang mga silid ay ipinagkakaloob na walang bayad; subalit iyon ay hindi sapat para sa lubhang napakaraming magpupulong, at ang mga tolda ay itinatayo sa bawat bakanteng dako ng lungsod at sa mga nakapaligid na mga burol.

Sa ikalabing apat na araw ng buwan, pagsapit ng gabi, ang Paskua ay ipinagdiriwang, ang banal, at makababagbag damdamin na mga seremonya noon na umaalaala sa pagliligtas mula sa pagkaalipin sa Ehipto, at tumutukoy sa hinaharap na sakripisyo na magliligtas mula sa pagkaalipin sa kasalanan. Nang ibigay ng Tagapagligtas ang Kanyang buhay sa kalbaryo, ang kabuluhan ng Paskua ay tumigil na, at ang ordinansya ng Banal na Hapunan ang itinatag bilang alaala ng pangyayari ding iyon na inilarawan ng Paskua.

Ang Paskua ay sinusundan ng pitong araw na kapistahan ng tinapay na walang lebadura. Ang una at ikapitong araw ay mga araw ng banal na pagpupulong, kung kailan walang mabigat na gawain ang kinakailangang isagawa. Sa ikalawang araw ng kapistahan,

ang mga unang bunga na inani sa taong iyon ay iniaalay sa Dios. Ang sebada ang pinakamaagang butil na inaani sa Palestina, at sa pagbubukas ng kapistahan iyon ay nagsisimula nang mahinog. Isang bigkis ng butil na ito ang niluluglog sa harap ng dambana ng Dios, bilang pagkilala na ang lahat ay Kanya. Ang mga ani ay hindi tinitipon hanggang hindi naisasagawa ang seremonyang ito.

Limampung araw mula sa paghahandog ng mga unang bunga, ay sumasapit ang Pentecostes, na tinatawag ring kapistahan ng mga ani at kapistahan ng mga sanlinggo. Bilang pagpapahayag ng pasalamat para sa mga butil na inihanda na pagkain, dalawang tinapay na nilutong may lebadura ang iniaalay sa Dios. Ang Pentecostes ay isinasagawa sa loob lamang ng isang araw, na nakatalaga sa banal na serbisyo.

Sa ika-pitong buwan ay sumasapit ang Kapistahan ng Tabernakulo, o ang pag-iipon. Ang pistang ito ay kumikilala sa mga pagpapala ng Dios sa bunga ng mga punong kahoy, ng mga olibo, at ng ubasan. Iyon ang huling kapistahan ng taon. Ang lupain ay nakapamunga na, ang mga ani ay natipon na sa mga kamalig, ang mga bungang kahoy, ang langis, at ang alak ay naitabi na, ang mga unang bunga ay naibukod na, at ngayon ang mga tao ay dumarat-
[637] ing dala ang kanilang mga kaloob ng pagpapasalamat sa Dios, na nagbigay sa kanila ng maraming pagpapala.

Ang okasyong ito higit sa lahat ay isang pagkakaroon ng kagalakan. Iyon ay sumasapit makalipas lamang ang dakilang Araw ng Pagtubos, nang naibigay na ang katiyakan na ang kanilang mga kasalanan ay hindi na aalalahanin pa. May kapayapaan sa Dios, sila ngayon ay humaharap sa Kanya upang kilalanin ang Kanyang kabutihan, at upang purihin Siya sa Kanyang kaawaan. Sapagkat ang mga gawain sa pag-aani ay tapos na, at ang mga gawain sa bagong taon ay hindi pa nagsisimula, ang mga tao ay malaya mula sa mga pasanin, at maaaring maidulog ang kanilang sarili sa banal, at masayang im- pluwensya ng panahon. Bagaman ang mga ama at mga anak na lalaki lamang ang pinag-utusang dumulog sa mga kapistahan, gano'n pa man, hangga't maaari, ang buong sambahayan ay kinakailangang dumalo doon, at sa kanilang pagiging mapagtanggap pati ang mga alipin, mga Levita, ang taga ibang lupa, at ang mahirap ay tinatanggap.

Tulad ng Paskua, ang Pista ng mga Tabernakulo ay isang alaala. Bilang pag-alala sa kanilang lagalag na buhay sa ilang, kinakailangang iwan ng mga tao ang kanilang mga bahay, at manirahan sa mga kubol, o mga balag, na yari sa mga luntiang mga sanga "ng maga- gandang punong kahoy, ng mga sanga ng mga palma, at ng mga sanga ng mayayabong na punong kahoy, at ng mga sausa ng batis." Levitico 23:40, 42, 43.

Ang unang araw ay isang banal na pagtitipon, at sa pitong araw ng kapistahan isang ikawalong araw ang idinadagdag, na ipinagdiriwang din sa ganong paraan.

Sa taun-taon na mga pagpupulong na ito ang puso ng mga matanda at ng bata ay mapasisigla sa paglilingkod sa Dios, samantalang ang pagsasama-sama ng mga tao mula sa iba't ibang bahagi ng lupain ay makapagpapatibay ng kanilang relasyon sa Dios at sa isa't isa. Magiging mabuti para sa bayan ng Dios sa kasalukuyan ang magkaroon ng isang Pista ng mga Tabernakulo—isang masayang pag- alaala sa mga pagpapala ng Dios sa kanila. Kung paanong ipinagdiwang ng mga anak ni Israel ang pagliligtas na ginawa ng Dios para sa kanilang mga ama, at ang mahiwagang pag-iingat sa kanila sa panahon ng kanilang mga paglalakbay mula sa Ehipto, gano'n din naman kinakailangan nating alalahanin ang iba't ibang paraan na Kanyang inihanda upang tayo ay mailabas mula sa sanlibutan, at [638] mula sa kadiliman, ng kamalian tungo sa mahalagang liwanag ng Kanyang biyaya at katotohanan.

Para doon sa mga naninirahan sa malayo sa tabernakulo, mahigit sa isang buwan taun-taon ang maaaring nagugugol sa pagdalo sa mga kapistahan. Ang halimbawang ito ng pagtatalaga sa Dios ay kinakailangang magbigay diin sa kahalagahan ng pagsambang pangrelihiyon, at sa pangangailangang ipailalim ang ating mga makasarili, at pang mundong mga hilig doon sa mga espirituwal at pang walang hanggan. Ating pinalalala ang isang kakulangan kung ating kina- kaligtaan ang karapatan na makapagsama-sama upang magpalakas at magpasigla sa isa't isa sa paglilingkod sa Dios. Ang mga katotohanan ng Kanyang mga salita ay nawawalan ng linaw at kahalagahan sa ating mga isip. Ang ating mga puso ay hindi na naliliwanagan at nakikilos ng nagpapabanal na impluwensya, at ang ating espiritu- walidad ay bumababa. Sa ating ugnayan bilang mga Kristiano marami ang nawawala sa atin sa kakulangan ng pag-

dadamayan sa isa't isa. Siya na naglalayo sa kanyang sarili, ay hindi gumaganap sa gawaing pinanukala ng Dios para sa kanya. Tayo ay may tungkulin sa Dios at sa isa't isa. Ang tamang pagpapalago sa mga elemento ng pakikisama ng ating pagkatao ang naghahatid sa atin sa pakikiramay sa ating mga kapatid, at nagbibigay sa atin ng kaligayahan sa ating pagsisikap na mapagpala ang iba.

Ang Kapistahan ng mga Tabernakulo ay hindi lamang isang pag-alaala, kundi isang paglalarawan. Hindi lamang ito tumutukoy sa nakalipas na paglalakbay sa ilang, kundi, sa kapistahan ng pag-aani, ipinagdidiwang nito ang huling araw ng dakilang pagtitipon ng mga bunga ng lupa, at tumutukoy sa dakilang araw ng huling pagtitipon, kapag sinugo ng Panginoon ng pag-aani ang Kanyang mga taga-pag- ani upang tipunin ang mga damong ligaw na susunugin, at ang mga trigo sa Kanyang bangan. Sa panahong iyon ang lahat ng masama ay pupuksain. At sila ay magiging "wari baga na sila'y hindi nangabuhay." Obadias 16. At ang bawat tinig sa buong sansinukob ay magsasama- sama sa isang masayang pagpuri sa Dios. Wika ng revelador, "Ang bawat bagay na nilalang na nasa langit, at nasa ibabaw ng lupa, at nasa ilalim ng lupa, at nasa ibabaw ng dagat, at lahat ng mga bagay na nangasa mga ito, ay narinig kong nangagsasabi, sa kanya na nakaupo sa luklukan, at sa Cordero ay ang pagpapala, at kapurihan, at kaluwalhatian, at paghahari, magpakailan man."
[639] Apocalipsis 5:13.

Ang bayan ng Dios ay nagpupuri sa Dios sa Kapistahan ng mga Tabernakulo, samantalang kanilang inaalala ang Kanyang kahabagan sa pagliligtas sa kanila mula sa Ehipto at ang Kanyang mapagmahal na pangangalaga sa kanila sa panahon ng kanilang buhay manglalakbay sa ilang. Sila ay nagagalak rin sa pagkabatid sa pagpapatawad at pagtanggap sa katatapos lamang na serbisyo sa Araw ng Pagtubos. Subalit kapag ang mga natubos ng Panginoon ay ligtas nang natipon sa makalangit na Canaan, habang panahon nang ligtas mula sa pagkaalipin sa sumpa, na dahil doon "ang buong nilalang ay humihibik at nagdaramdam na may kahirapan na kasama natin hanggang ngayon" (Roma 8:22), sila'y magagalak na may kagalakang hindi mabigkas at puno ng kaluwalhatian. Kapag naganap iyon ay tapos na ang dakilang gawain ng pagtubos ni Kristo para sa tao, at ang kanilang mga kasalanan ay panghabang panahon nang napawi.

"Ang ilang at ang tuyong lupa ay sasaya;
At ang ilang ay magagalak, at mamumulaklak na gaya ng rosa.
Mamumulaklak na sagana, at magagalak ng kagalakan at awitan;

At ang kaluwalhatian ng Libano ay mapaparoon,
Ang karilagan ng Carmel at ng Saron;
Kanilang makikita ang kaluwalhatian ng Panginoon,
ang karilagan ng ating Dios.
Kung magkagayo'y madidilat ang mga mata ng bulag,
At ang mga pakinig ng bingi ay mabubuksan.
Kung magkagayo'y lulukso ang pilay na parang usa,
At ang dila ng pipi ay aawit:
Sapagkat sa ilang ay bubukal ang tubig,
At magkakailog sa ilang.
At ang buhanginang kumikislap ay magiging lawa,
At ang uhaw na lupa ay mga bukal ng tubig:...
At magkakaroon doon ng isang lansangan, at ng isang daan,
At tatawagin Ang Daan ng Kabanalan;
Ang maruini ay hindi daraan doon;
Kundi magiging sa Kanyang bayan:
Ang mga palalakad na tao, oo, maging ang mga mangmang,
ay hindi mangaliligaw roon.
Hindi magkakaroon ng leon doon,
O sasampa man doon ang anomang mabangis na hayop,
Hindi mangasusumpungan doon;
Kundi ang nangatubos ay lalakad doon:
At ang pinagtutubos ng Panginoon ay mangagbabalik,
At magsisiparoong nag-aawitan sa Sion
At walang hanggang kagalakan ay mapapasa kanilang mga ulo: [640]
Sila'y mangagtatamo ng kasayahan at kagalakan,
At ang kapanglawan at ang pagbubuntong hininga ay mapaparam."

Isaias 35:1, 2, 5-10

[641]

## Kabanata 53—Ang Naunang mga Hukom

Ang kabanatang ito ay batay sa Mga Hukom 6 - 8; 10.

Nang matapos ang pagsasa-ayos sa Canaan, ang mga lipi ay hindi nagsagawa ng mga sigasig na pagsisikap na malubos ang pagsakop sa lupain. Nasiyahan sa teritoryo na kanila nang nakamtan, ang kanilang kasigasigan ay kaagad nanghina, at ang pakikipagdigma ay hindi na itinuloy. "Nang lumakas ang Israel, na kanilang pinapagatag ang mga Cananeo, at hindi nila lubos na pinalayas." Hukom 1:28.

Tapat na tinupad ng Panginoon ang Kanyang bahagi, sa mga pangako sa Israel; nasira ni Josue ang kapangyarihan ng mga Cananeo, at naipamahagi ang lupain sa mga lipi. Naiiwan na lamang para sa kanila, samantalang nagtitiwala sa katiyakan ng pagtulong ng Dios, upang tapusin ang gawain ng pagpapalayas sa mga naninirahan sa lupain. Subalit ito ay kinaligtaan nilang gawin. Sa pamamagitan ng pakikipagtipan sa mga Cananeo ay malinaw na sinalangsang nila ang utos ng Dios, kaya't hindi naganap ang kondisyon upang maibigay sa kanilang ariin ang Canaan.

Mula sa pinakaunang pakikipag-ugnay ng Dios sa kanila sa Sinai, sila ay binabalaan laban sa pagsamba sa diyus-diyusan. Di nagtagal matapos ang pagpapahayag ng kautusan, ang mensahe ay pinarating sa kanila sa pamamagitan ni Moises, tungkol sa mga bansa ng Canaan: "Huwag kang yuyukod sa kanilang mga diyos, o maglilingkod man sa mga yaon, o gagawa man ng ayon sa kanilang mga gawa. Kundi iyong iwawaksi at iyong pagpuputol-putolin ang kanilang mga haligi na pinakaalaala. At inyong paglilingkuran ang Panginoon ninyong Dios, at Kanyang babasbasan ang inyong tinapay at ang iyong tubig; at Aking aalisin ang sakit sa gitna mo." Exodo 23:24, 25. Ang pangako ay ibinigay upang samantalang sila ay nananatiling masunurin, lulupigin ng Dios sa harap nila ang kanilang mga kalaban: "Aking susuguin ang sindak sa unahan mo, at Aking liligaligin ang buong bayan na iyong paroroonan, at Aking patatalikurin sa iyo ang lahat ng iyong mga kaaway. At

Aking susuguin ang mga putakti sa unahan mo, na magpapalayas sa Heveo, sa Cananeo, at sa Hetheo, sa harap mo. Hindi Ko palalayasin sila sa harap mo sa isang taon; baka ang lupa ay maging ilang, at ang mga ganid sa parang ay magsidami laban sa iyo. Unti-unting [642]
Aking palalayasin sila sa harap mo, hanggang sa ikaw ay kumapal at manahin mo ang lupain.... Aking ibibigay ang mga nananahan sa lupain sa iyong kamay, at iyo silang palalayasin sa harap mo. Huwag kang makikipagtipan sa kanila, ni sa kanilang mga diyos. Sila'y hindi tatahan sa iyong lupain, baka papagkasalahin ka nila laban sa Akin: sapagkat kung ikaw ay maglilingkod sa kanilang mga diyos ay tunay na magiging silo sa iyo." Exodo 23:27-33. Ang mga tagubiling ito ay binanggit ni Moises sa isang lubhang solemneng paraan bago siya namatay, at ang mga ito ay inulit ni Josue.

Inilagay ng Dios ang Kanyang bayan sa Canaan na isang makapangyarihang moog na pipigil sa alon ng kasamaan ng moralidad upang iyon ay huwag magpabaha sa sanlibutan. Kung magiging tapat sa Kanya, panukala ng Dios na ang Israel ay magpapatuloy sa pang- lulupig at manlulupig. Kanyang ibibigay sa kanilang mga kamay ang mga bansa na higit na malaki at higit na makapangyarihan kaysa mga Cananeo. Ang pangako ay: "Kung inyong susunding masikap ang buong utos na ito na Aking iniuutos sa inyo upang gawin,...ay palalayasin nga ng Panginoon ang lahat ng mga bansang ito sa harap ninyo, at kayo'y mag-aari ng mga bansang lalong malaki at lalong makapangyarihan kay sa inyo. Bawat dakong tuntungan ng talampakan ng inyong paa ay magiging inyo: mula sa ilang, at sa Libano, mula sa ilog, sa ilog Eufrates, hanggang sa dagat kanluran ay magiging inyong hangganan. Walang lalaking makatatayo sa harap ninyo: sisidlan ng Panginoong Dios ng takot at ng sindak sa inyo sa ibabaw ng buong lupain na inyong tutuntungan, gaya ng Kanyang sinalita sa inyo." Deuteronomio 11:22-25.

Subalit sa kabila ng kanilang matayog na kahihinatnan, kanilang pinili ang landas ng kaginhawahan at pagpapalayaw sa sarili; kanilang pinahintulutang lumampas ang mga pagkakataon upang matapos ang paglupig sa lupain; at sa loob ng maraming mga henerasyon sila ay ginambala ng mga nakatira sa mga bayang ito na mapagsamba sa mga diyus-diyusan, na, ayon sa unang pahayag ng propeta, parang "tibo sa kanilang mga mata," at parang "tinik sa kanilang mga tagi- liran." Mga Bilang 33:55.

Ang mga Israelita ay, “nangakihalo sa mga bansa, at nangatuto ng kanilang mga gawa.” Mga Awit 106:35. Sila’y nakipag-asawa sa mga Cananeo, at ang pagsamba sa diyus-diyusan ay lumaganap na parang salot sa buong lupain. “Sila’y naglingkod sa kanilang
[643] mga diyus- diyusan; na naging silo sa kanila: Oo, kanilang inihain ang kanilang mga anak na lalaki at babae sa mga demonio.... At ang lupain ay nadumhan ng dugo...Kaya’t nag-alab ang pag-iinit ng Panginoon laban sa Kanyang bayan, at kinayamutan Niya ang Kanyang pamana.” Mga Awit 106:36-40.

Hanggang ang henerasyon na tumanggap ng tagubilin mula kay Josue ay nawala, kaunti lamang ang naging pagpasok ng pagsamba sa mga diyus-diyusan; subalit ang mga magulang ay naghanda ng daan para sa pagtalikod ng kanilang mga anak. Ang pagbabaliwala sa mga ipinagbabawal ng Dios sa bahagi noong mga sumapit sa pag-aari sa Canaan, ay naghasik ng binhi ng kasamaan na nagpatuloy hanggang magbunga ng mapait para sa maraming mga henerasyon. Ang simpleng mga kaugalian ng mga Hebreo ay naghatid sa kanila ng malusog na pangangatawan; subalit ang pakikisalamuha sa mga hindi kumikilala sa Dios ay umakay tungo sa pagpapalaya sa panglasa at pagnanasa, na unti-unting nagpahina sa lakas ng pangangatawan, nagpahina sa mga kapangyarihan ng pag-iisip at ng moralidad. Sa pamamagitan ng kanilang mga kasalanan ang mga Israelita ay nawalay sa Dios; ang Kanyang lakas ay naalis mula sa kanila, at hindi na sila makapanaig sa kanilang mga kaaway. Kaya nga sila ay napailalim sa mga bansa na sa pamamagitan ng Dios ay kanila sanang nalupig.

“Kanilang pinabayaan ang Panginoon, ang Dios ng kanilang mga magulang, na naglabas sa kanila sa lupain ng Ehipto,” “at pinatnubayan sila sa ilang na parang kawan.” “Minungkahi nila Siya sa galit ng kanilang mga mataas na dako, at kinilos nila Siya sa panibugho ng kanilang mga larawang inanyuan.” Kaya’t ang ginawa ng Panginoon ay “pinabayaan ang tabernakulo sa Silo, ang tolda na Kanyang inilagay sa gitna ng mga tao; at ibinigay ang Kanyang kalakasan sa pagkabihag, at ang Kanyang kaluwalhatian ay sa kamay ng kaaway.” Mga Hukom 2:12; Mga Awit 78:52, 58, 60, 61. Gano’n pa man hindi Niya lubos na pinabayaan ang Kanyang bayan. Palaging may nalalabi na naging tapat kay Jehova; at sa bawat panahon ang Panginoon ay nagbabangon ng mga tapat at matatapang na

mga lalaki upang ibagsak ang pagsamba sa mga diyus-diyusan at iligtas ang mga Israelita mula sa kanilang mga kaaway. Subalit kapag ang tagapagligtas ay patay na, at ang bayan ay wala na sa ilalim ng kanyang kapangyarihan, unti-unti silang bumabalik sa kanilang mga diyus-diyusan. Kaya't gano'n na lamang ang kasaysayan ng pagtalikod at pagpaparusa, ng pagsisisi at pagliligtas, na paulit-ulit. [644]

Ang hari ng Mesopotamia, ang hari ng Moab, at pagkatapos nila ay ang mga Filisteo, at ang mga Cananeo ng Hasor, sa pangunguna ni Sisera, ang nang-api sa Israel. Sina Othoniel, at Samgar, at sina Aod, Debora at Barac, ay ibinangon bilang mga tagapagligtas ng kanilang bayan. Subalit sa muli "ginawa ng mga anak ni Israel ang masama sa paningin ng Panginoon: at ibinigay sila ng Panginoon sa kamay ng Madian." Nang nakalipas na mga panahon ang kamay ng manlulupig ay hindi gaanong nanakit sa mga lipi na naninirahan sa silangan ng Jordan, subalit sa kasalukuyang sakuna ay sila ang mga unang nagdusa.

Ang mga Amalekita na nasa gawing timog ng Canaan, gano'n din ang mga taga Madian na nasa mga hangganan sa silangan at sa mga ibayong disyerto, ay nananatili pa ring mga kaaway ng Israel. Ang huli ay halos napuksa na ng mga Israelita noong panahon ni Moises, subalit sila ngayon ay lubha nang dumami, at naging napakarami at makapangyarihan. Kinauhawan nila ang makapaghiganti; at ngayong ang nag-iingat na kamay ng Dios ay inalis na mula sa Israel, ang pagkakataon ay dumating. Hindi lamang ang mga lipi sa silangang bahagi ng Jordan, sapagkat ang buong lupain ay nakaranas ng kanilang paninira. Ang mabagsik, at matatapang na mga taga disyerto, "na parang balang sa karamihan," (Hukom 6:5), ay maramihang nag- sidating sa lupain, dala ang kanilang mga kawan at mga alagang hayop. Tulad sa isang nananalantang salot sila ay kumalat sa buong bansa, mula sa ilog ng Jordan hanggang sa kapatagan ng mga Filisteo. Sila ay dumating nang hustong nahihinog na ang ani, at nanatili hanggang ang mga bunga ng lupa ay natipon. Inaani nila ang mga bukid, at ninanakawan at sinasaktan ang mga naninirahan, at buma- balik sa mga disyerto. Kung kaya't ang mga Israelitang naninirahan sa mga bukas na kaparangan ay napilitang iwan ang kanilang mga tahanan, at magsasama-sama sa mga nakukutaang mga bayan, upang magkaroon ng kaligtasan sa mga moog, o humanap ng mapagkukublihan sa mga yungib at malalaking mga

bato sa mga bundok. Sa loob ng pitong taon ang pang-aaping ito ay nagpatuloy, hanggang sa kawalan nila ng pag-asa sila ay nakinig sa mga panunumbat ng Panginoon, at tinanggap ang kanilang mga kasalanan, ang Dios ay nagbangon muli ng isang katulong para sa kanila.

[645] Si Gedeon ay anak ni Joas, ng lipi ni Manases. Ang grupo na kinabibilangan ng sambahayang ito ay walang mataas na posisyon, subalit ang sambahayan ni Joas ay kilala sa katapangan at pagiging tapat. Tungkol sa kanyang matatapang na mga anak ay sinabi, "Bawat isa'y nahuhuwad sa mga anak ng isang hari." Silang lahat liban lamang sa isa ay namatay sa pakikipaglaban sa mga taga Madian at pina- pangyari niyang ang kanyang pangalan ay katakutan ng mga mana- nalakay. Dumating kay Gedeon ang pagtawag ng Dios na iligtas ang kanyang bayan. Siya noon ay naggigiik ng trigo. May kaunting butil na naitago, at sa hindi pangangahas na iyon ay ihampas sa pang- karaniwang sahig na giikan, ay pinili niya ang dakong pinagpipigaan ng ubas; sapagkat ang panahon ng pag-ani ng ubas ay matagal pa, at hindi pa gaanong pinapansin ngayon ang mga ubasan. Samantalang si Gedeon ay gumagawa sa lihim at katahimikan, malungkot niyang iniisip ang kalagayan ng Israel, at binibigyang pansin kung paanong ang pamatok ng nang-aapi ay maaaring maalis mula sa kanyang bayan.

At biglang napakita "ang Anghel ng Panginoon", at pinarating sa kanya ang mga salitang, "Ang Panginoo'y sumasaiyo, ikaw lalaking makapangyarihang may tapang."

"Oh Panginoon ko," ang kanyang isinagot, "kung ang Panginoon ay sumasa amin, bakit nga ang lahat ng ito ay sumapit sa amin? at saan naroon ang lahat niyang kababalaghang gawa na isinaysay sa amin ng aming mga magulang, na sinasabi, hindi ba tayo iniahon ng Panginoon mula sa Ehipto? ngunit ngayo'y hiniwalayan kami ng Panginoon at ibinigay kami sa kamay ng Madian."

Ang Sugo ng langit ay sumagot, "Yumaon ka sa kalakasan mong ito, at iligtas mo ang Israel sa kamay ng Madian: hindi ba kita sinugo?"

Ginusto ni Gedeon na magkaroon ng palatandaan na ang nangu- ngusap sa kanya ngayon ay ang Anghel ng Tipan, na sa nakalipas na mga panahon ay gumawa para sa Israel. Ang mga anghel ng Dios na dati'y nakipag-ugnayan kay Abraham, minsan ay nanatili

upang maki- bahagi sa kanyang pagka-mapagtanggap; at ngayon ay nakiusap si Gedeon sa Sugo upang manatili at maging kanyang panauhin. Nag- madaling nagtungo sa kanyang tolda, siya ay naghanda mula sa kaunti niyang naitabi ng batang kambing at tinapay na walang lebadura, na kanyang dinala at inihain sa harap Niya. Subalit sinabi sa kanya ng Anghel, "Kunin mo ang karne at ang mga munting tinapay na walang lebadura, at ipatong mo sa batong ito at ibuhos mo ang sabaw." Ginawa iyon ni Gedeon, at ang ninais [646] niyang tanda ay ipinagkaloob: sa pamamagitan ng tungkod na nasa kanyang kamay, ay sinalang ang karne at ang mga tinapay na walang lebadura, at isang apoy na nagliyab mula sa bato ang umubos sa hain. At ang Anghel ay nawala sa kanyang paningin.

Ang ama ni Gedeon na si Joas, na nakibahagi sa pagtalikod ng kanyang mga kababayan, ay nagtayo sa Ophra, na kanyang tinitirahan, ng isang malaking dambana para kay Baal, kung saan ang mga tao sa bayan ay sumasamba. Si Gedeon ay inatasang gibain ang dambanang ito, at magtayo ng altar kay Jehova, doon sa bato na pinagsunugan ng hain, at doon ay maghandog ng hain sa Panginoon. Ang paghahain sa Dios ay itinalaga sa mga saserdote at bukod tangi sa Silo lamang isinasagawa; subalit siya na nagtatag ng seremonyang iyon, na siya ring tinutukoy ng lahat ng mga handog, ay may kapangyarihan upang baguhin ang mga ipinag-uutos na ukol doon. Ang pagliligtas sa Israel ay kinakailangang pangunahan ng isang banal na paglaban sa pagsamba kay Baal. Kinakailangang ipag-utos ni Gedeon ang pakikipagdigma sa pagsamba sa diyus-diyusan, bago siya humayo upang makipagdigma sa mga kaaway ng kanyang bayan.

Ang ipinag-utos ng Dios ay matapat na tinupad. Batid na siya ay mahahadlangan kung iyon ay gagawin ng hayagan, iyon ay isinagawa ni Gedeon ng lihim; sa tulong ng kanyang mga lingkod, tinapos nila iyon sa loob ng isang gabi. Malaki ang galit ng mga lalaki ng Ophra nang sila ay dumating, kinaumagahan, upang sumamba kay Baal. Maaaring pinatay nila si Gedeon, kung hindi dahil kay Joas—-na nagsalaysay tungkol sa pagdalaw ng anghel—na tumayo para sa kanyang anak. "Ipagsasanggalang ba ninyo si Baal?" ang sabi ni Joas. "Ililigtas ba ninyo siya? yaong magsasanggalang sa kanya ay papatayin samantalang umaga pa: kung siya'y dios ay magsasanggalang siya sa kanyang sarili, sapagkat may nagwasak ng kanyang

dambana." Kung hindi ni Baal maipagsanggalang ang kanyang sariling dambana, paano siya mapagtitiwalaang magsasanggalang sa mga sumasamba sa kanya?

Naalis ang lahat ng kaisipan ng pagpatay kay Gedeon; at nang kanyang patunugin ang pakakak ng pakikipagdigma, ang mga lalaki ng Ophra ay kabilang sa mga unang natipon sa kanyang sagisag. Nagparating ng pabalita sa sarili niyang lipi sa Manases, at gano'n din sa Aser, Zebulun, at Naptali, at ang lahat ay tumugon sa panawa-
[647] gan.

Si Gedeon ay hindi nangahas na ilagay ang kanyang sarili sa pamumuno sa hukbo na walang karagdagang katibayan na siya ay tinawagan ng Dios sa gawaing ito, at Siya ay sasakanya. Kanyang idinalangin, "Kung Iyong ililigtas ang Israel sa pamamagitan ng aking kamay, gaya ng Iyong sinalita, narito, aking ilalagay ang isang balat na lana sa giikan, kung dumuon lamang sa balat ang hamog, at maging tuyo ang lupa, ay malalaman ko nga na Iyong ililigtas ang Israel sa pamamagitan ng aking kamay, gaya ng Iyong sinalita." Kinaumagahan ang balat ay basa, samantalang ang lupa ay tuyo. Subalit ngayon ay may bumangong isang pag-aalinlangan, sapagkat ang lana ay likas na sumisipsip ng hamog kapag mayroong hamog sa hangin; hindi maaaring batayan ng pagpapasya ang pagsubok. kaya't siya ay humiling na ang tanda ay mabaliktad, nakikiusap na ang kanyang labis na pag-iingat ay huwag maging masama sa Panginoon. Ang kanyang kahilingan ay tinugon.

Napasigla sa gano'ng paraan, pinangunahan ni Gedeon ang kanyang mga kawal upang makipaglaban sa mga nanloloob. "Lahat ng mga Madianita, at mga Amalecita at mga anak ng silangan ay nagpulong; at sila'y nagtuloy at humantong sa libis ng Jezreel." Ang buong hukbo na nasa ilalim ng pag-uutos ni Gedeon ay umabot lamang sa tatlumpu't dalawang libong mga lalaki; subalit samantalang naroon ang malaking hukbo ng kaaway na nasa harap niya, ang salita ng Panginoon ay dumating sa kanya: "Ang bayang kasama mo ay totoong marami sa Akin upang Aking ibigay ang mga Madianita sa kanilang kamay, baka ang Israel ay magmalaki laban sa Akin, na sabihin, Aking sariling kamay ang nagligtas sa akin. Kaya't ngayo'y yumaon ka, ipagpatawag mo sa mga pakinig ng bayan, na iyong sabihin, sinomang matatakutin at mapanginig, ay bumalik at pumihit mula sa bundok ng Galaad." Yaong mga hindi handang humarap sa

panganib at kahirapan, o ang pinag-uukulan ng pansin sa mundo ay maka- paglalayo ng kanilang mga puso mula sa gawain ng Dios, ay hindi makakadagdag ng lakas sa mga hukbo ng Israel. Ang kanilang pakikisama ay magiging sanhi lamang ng kahinaan.

Naging batas sa Israel na bago sila humayo sa pakikipagdigma, ang sumusunod na mga pahayag ay kinakailangang paratingin sa buong hukbo: "Sinong tao ang nagtayo ng isang bagong bahay, at hindi pa niya natatalagahan? siya'y yumaon at bumalik sa kanyang bahay, baka siya'y mamatay sa pakikibaka at ibang tao ang magta-laga. At sinong lalaki ang may itinanim na isang ubasan at hindi [648] pa niya napapakinabangan ang bunga niyaon? At sinong lalaki ang nag- asawa sa isang babae at di pa niya nakukuha? Siya'y yumaon at bumalik sa kanyang bahay, baka siya'y mamatay sa pakikibaka at ibang lalaki ang makinabang ng bunga niyaon. At sinong lalaki ang nagasawa sa isang babae at di pa niya nakukuha? Siya'y yumaon at bumalik sa kanyang bahay, baka siya'y mamatay sa pakikibaka, at ibang lalaki ang kumuha sa kanyang asawa." At sa pagpapatuloy ay ihahayag ng mga nanunungkulan, "Sinong lalaki ang matatakutin at mahinang loob? siya'y yumaon at bumalik sa kanyang bahay, baka ang puso ng kanyang mga kapatid ay manglupaypay na gaya ng kanyang puso." Deuteronomio 20:5-8.

Sapagkat ang kanyang mga nabilang ay lubhang kakaunti kung itutulad sa bilang ng mga kaaway, hindi na isinagawa ni Gedeon ang karaniwang ipinapahayag. Siya ay nagulat sa pahayag na ang kanyang hukbo ay lubhang napakalaki. Subalit nakita ng Panginoon ang kapalaluan at kawalan ng pananampalataya sa puso ng Kanyang bayan. Nakilos ng makabagbag damdaming panawagan ni Gedeon, sila ay kaagad nakilahok; subalit marami ang napuno ng takot nang kanilang makita ang malaking bilang ng mga Madianita. Gano'n pa man, kung ang Israel ay magtatagumpay, sila ang tatanggap ng papuri sa halip na sabihing ang Dios ang sanhi ng kanilang pagtatagumpay.

Sinunod ni Gedeon ang iniutos ng Panginoon, at may mabigat na puso na nakita niya na ang dalawampu't dalawang libo, o higit sa dalawang ikatlo ng buo niyang hukbo, ay umuwi sa kanilang mga tahanan. At muli ang salita ng Panginoon ay dumating sa kanya: "Ang bayan ay totoong marami pa; palusungin mo sila sa tubig, at doo'y Aking susubukin sila sa iyo: at mangyayari, na sinomang

Aking sabihin sa iyo, Ito'y sumama sa iyo, yao'y huwag sumama sa iyo." Ang bayan ay inihatid sa malapit sa tubig, umaasang kaagad lulusob sa mga kaaway. May ilang nagmamadaling kumuha ng tubig sa pamamagitan ng kanilang kamay, at iyon ay ininom samantalang sila ay nagpapatuloy; subalit halos lahat ay lumuhod, at marahang uminom sa tubig na nasa sapa. Yaong mga kumuha ng tubig sa pamamagitan ng kanilang kamay ay tatlong daan lamang mula sa sampung libo; gano'n pa man, sila ang pinili; ang lahat ng iba ay pinahintulutang umuwi sa kanilang mga tahanan.

[649] Sa pamamagitan ng pinakasimpleng mga paraan ang pagkatao ay nasusubok. Yaong sa panahon ng panganib ay naglalayong tugunin ang sarili nilang pangangailangan, ay hindi mapagkakatiwalaan sa panahon ng isang kagipitan. Ang Panginoon ay walang lugar sa Kanyang gawain para doon sa tamad at mapagtingin sa sariling kapakanan. Ang mga lalaking pinili Niya ay ang kakaunti na hindi ipinapahintulot na ang sarili nilang pangangailangan ay humadlang sa kanilang pagtupad sa tungkulin. Ang tatlong daan na mga napiling mga lalaki ay hindi lamang matatapang at may pangangasiwa sa sarili, sila ay mga lalaki ng pananampalataya. Hindi nila dinungisan ang kanilang sarili ng dahil sa pagsamba sa diyus-diyusan. Sila ay maaaring pangunahan ng Dios, at sa pamamagitan nila ay maaari Siyang magsagawa ng pagliligtas sa Israel. Ang tagumpay ay hindi nakasalalay sa mga bilang. Ang Dios ay makapagliligtas sa pamamagitan ng kakaunti gano'n din ng marami. Siya ay higit na napa- parangalan hindi sa pamamagitan ng malalaking bilang kundi sa pamamagitan ng pagkatao noong mga naglilingkod sa Kanya.

Ang mga Israelita ay nakahimpil sa gilid ng isang burol na maaring makita sa libis na kampamentong kinaroroonan ng mga nanloloob. "At ang mga Medianita at ang mga Amalekita at ang lahat ng mga anak ng silangan ay nalalatag sa libis na parang balang dahil sa karamihan; at ang kanilang mga kamelyo ay walang bilang, na gaya ng buhangin na nasa tabi ng dagat dahil sa karamihan." Hukom 7:12. Si Gedeon ay 'kinakabahan samantalang iniisip niya ang labanan sa kinaumagahan. Subalit ang Panginoon ay nagsalita sa kanya nang gabing iyon, at inutusan siya, kasama si Phara na kanyang lingkod, na bumaba sa kampo ng mga Medianita, iminumungkahi na doon siya ay makakarinig ng makapagpapasigla sa kanya. Siya ay pumunta, at samantalang naghihintay na nasa dilim

at katahimikan, nakarinig siya ng isang sundalong nagsasalaysay ng kanyang panaginip sa kanyang kasama: "Narito, isang munting tinapay na sebada, ay gumulong hanggang sa kampamento ng Madian, at umabot sa tolda, at tinamaan yaon ng malakas na tuloy bumagsak, at natiwarik, na ang tolda'y lumagpak." Ang isa ay sumagot ng mga salitang kumilos sa nakikinig na iyon na hindi nakikita, "Ito'y walang iba, kundi ang tabak ni Gedeon, na anak ni Joas, isang lalaking Israelita, na ibinigay ng Dios sa kanyang kamay ang Madian at ang buong hukbo niya." Nabatid ni Gedeon ang tinig ng Dios na nagsasalita sa kanya sa pamamagitan ng mga Medianitang iyon na mga dayuhan. Nang bumalik sa kakaunting mga lalaki na nasa ilalim [650]
ng kanyang pag-uutos, ay sinabi niya, "Tumindig kayo; sapagkat ibinigay ng Panginoon sa inyong kamay ang hukbo ng Madian."

Ayon sa ipinag-utos, isang panukala ng pagsalakay ang iminungkahi sa kanya, na mabilis niyang inihanda upang isakatuparan. Ang tatlong daang mga lalaki ay binahagi sa tatlong pulutong. Ang bawat isa ay binigyan ng pakakak, at sulo sa loob ng isang banga. Ang mga lalaki ay inilagay sa lugar na kung saan sila ay magtutungo sa kampamento ng mga Medianita mula sa iba't ibang panig. Sa malalim na katahimikan ng gabi, sa isang hudyat mula sa pakakak ni Gedeon, ang tatlong pulutong ay nagpatunog ng kanilang mga pakakak; at, pagka- basag ng kanilang mga banga, at pagpapahayag ng kanilang nagliliyab na mga sulo, sila ay mabilis na lumusob sa kanilang mga kaaway na may pangdigmaang-sigaw, "Ang tabak ng Panginoon at ni Gedeon!" Ang hukbong natutulog ay biglang nagising. Sa bawat panig ay nakita ang liwanag ng nagliliyab na mga sulo. Sa bawat panig ay naririnig ang tunog ng mga pakakak, kasabay ang sigaw ng mga sumasalakay. Sa paniniwala sa kanilang sarili na sila ay nasa habag ng isang lubhang napakalaking hukbo, ang mga Medianita ay nagkaroon ng biglaang labis na pagkatakot. May malalakas na sigaw bunga ng pagkabahala sila'y nangagsitakas upang mabuhay, at sa pag-aakalang ang sarili nilang mga kasama ay kanilang mga kalaban, sila ay nag- patayan sa isa't-isa. Nang ang balita tungkol sa pagtatagumpay ay kumalat, libu-libo sa mga lalaki ni Israel na pinauwi sa kanilang mga tahanan ay nagsibalik, at sumama sa paghabol sa kanilang mga kaaway na nagsisilikas. Ang mga Medianita ay nangasa daan na patungo sa Jordan, umaasang makararating sa sarili nilang teritoryo, sa kabila ng ilog. Si Gedeon

ay nagparating ng mga sugo sa lipi ni Ephraim, upang kanilang harangin ang mga tumatakas sa timog na bahagi ng Jordan. Samantala, kasama ang kanyang tatlong daan, "mga pagod na, ay'humahabol pa," si Gedeon ay tumawid sa sapa sa masikap na paghabol doon sa nakarating na sa kabilang panig. Ang dalawang mga prinsipe, si Zeba at si Zalumna, na silang namuno sa buong hukbo, at nakatakas kasama ng labing limang libong mga lalaki, ay naabutan ni Gedeon, ang kanilang puwersa ay lubos na nangalat, at ang mga pinuno ay nahuli at napatay.

Sa malaking pagkatalong ito, hindi kukulangin sa isang daan
[651] dalawampung libong mananalakay ang nangamatay. Ang kapang-
[652] yarihan ng mga Medianita ay nasira, kung kaya't hindi na kailan man
nakipag digmaan pa sa Israel. Ang balita ay kumalat na ang Dios ng
[653] Israel ay muling lumaban para sa Kanyang bayan. Walang salitang
makapaglalarawan sa takot ng mga kalapit na mga bansa nang kanilang marinig ang simpleng kaparaanang dumaya sa kapangyarihan ng isang matapang, at mapangdigmang mga tao.

Ang pinuno na pinili ng Dios upang ibagsak ang mga Medianita, ay walang mataas na posisyon sa Israel. Siya ay hindi isang hari, hindi isang saserdote, o isang Levita. Iniisip niyang ang kanyang sarili ay pinakamaliit sa sambahayan ng kanyang ama. Subalit ang Dios ay nakakita sa kanya ng isang lalaking matapang at matapat. Hindi siya nagtitiwala sa kanyang sarili, at handa siyang sumunod sa pagpatnubay ng Panginoon. Ang Dios ay hindi palaging pumipili para sa Kanyang gawain, ng mga lalaking may pinakamahusay na mga talento, subalit pinipili Niya yaong lubos na magagamit Niya. "Sa unahan ng karangalan ay nagpapauna ang pagpapakumbaba." Kawikaan 15:33. Ang Panginoon ay higit na makakagawa sa pamamagitan noong pinaka nakadarama ng kanilang kahinaan, at magtitiwala sa Kanya bilang kanilang pinuno at pinagmumulan ng lakas. Gagawin Niya silang malakas sa pamamagitan ng paglakip ng kanilang kahinahan sa Kanyang lakas, at pantas sa pamamagitan ng pag-ugnay ng kanilang kamangmangan sa Kanyang karunungan.

Kung kanilang iibigin ang tunay na pagpapakumbaba, ang Panginoon ay maraming magagawa para sa Kanyang bayan; subalit kakaunti ang maaaring pagkatiwalaan ng anumang malaking respon- sibilidad o tagumpay na hindi nagiging mapagtiwala sa sarili, at mapag- kalimot sa kanilang pangangailangan sa tulong ng

Dios. Ito ang dahilan kung bakit sa pagpili ng kasangkapan para sa kanyang gawain, ay nilalampasan ng Dios yaong pinararangalan ng sanlibutan na dakila, may talento, at matalino. Malimit silang mapagmalalki at mapagtiwala sa sarili. Nadama nilang makakayanan nilang kumilos na walang payo mula sa Dios.

Sa pamamagitan ng simpleng paghihip ng pakakak sa pamamagitan ng hukbo ni Josue sa palibot ng Jerico, at sa pamamagitan ng maliit na hukbo ni Gedeon sa palibot ng hukbo ng mga Madianita, ay napapangyari, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios, na napag- bagsak ang lakas ng kanilang mga kaaway. Ang pinakakumpletong sistema na maaaring ihanda ng tao, hiwalay sa kapangyarihan at karunungan ng Dios, ay mabibigo samantalang [654]
ang pinaka mukhang walang magagawang paraan ay magtatagumpay kapag ipinag-utos ng Dios, at pinasok na may pagpapakumbaba at pananampalataya. Ang | pagtitiwala sa Dios, at ang pagkamasunurin sa kanyang kalooban, ay mahalaga para sa mga Kristiano sa espirituwal na pakikipagbaka tulad rin kina Gedeon ni Josue sa kanilang pakikipagbaka sa mga Cananeo.

Sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan alang-alang sa Israel, sila ay inaakay ng Dios upang magkaroon ng pananampalataya sa Kanya—upang may pagtitiwala nilang hilingin ang Kanyang tulong sa bawat pangangailangan. Siya ay gano'n pa rin handang gumawang kasama ng Kanyang bayan ngayon, at gumawa ng dakilang mga bagay sa pamamagitan ng mahihinang mga kasang- kapan. Ang buong langit ay naghihintay sa ating paghiling sa kanilang karunungan at lakas. Ang Dios ay may "kapangyarihang gumawa na lubhang sagana ng higit sa lahat ng ating hinihingi o iniisip." Efeso 3:20.

Nang si Gedeon ay bumalik mula sa paghabol sa mga kaaway ng bansa, siya ay sinalubong ng pamimintas at pagpaparatang mula sa sarili niyang mga kababayan. Nang sa kanyang pagtawag ang mga lalaki ng Israel ay natipon laban sa mga Madianita, ang lipi ni Ephraim ay naiwan. Ang tingin nila sa gawaing iyon ay isang mapanganib na gawain; at sapagkat si Gedeon ay hindi nagparating sa kanila ng espesyal na panawagan, ginawa nila iyong dahilan ng kanilang hindi pagsama, sa kanilang mga kapatid. Subalit nang ang balita ng pagtatagumpay ng Israel ay nakarating sa kanila, ang mga Ephraimita ay nainggit sapagkat hindi sila nakabahagi doon. Nang

ang mga Madianita ay mangalat sa pagtakas, ang mga lalaki ng Ephraim, sa pag-uutos ni Gedeon, ay nagbantay sa kabila ng Jordan, kaya't naiwasan ang pagkawala ng mga tumatakas. Sa pamamagitan nito isang malaking bilang ng mga kaaway ang napatay, kabilang doon ang dalawang prinsipe, si Oreb at Zeeb. Kaya't sa gano'ng paraan ang mga lalaki ng Ephraim ay tumulong sa pakikipagdigmaan, at nakatulong upang maging ganap ang tagumpay. Gano'n pa man sila ay nagkaroon ng inggit at galit, na tila si Gedeon ay nakilos lamang ng kanyang sariling kalooban at pagpapasya. Hindi nila nabatid ang kamay ng Dios sa pagtatagumpay ng Israel, hindi nila pinasalamatan ang Kanyang kapangyarihan at kaawaan sa pagliligtas sa kanila; at ang katotohanang ito ang nagpapahayag na sila ay
[655] hindi karapatdapat na mapili bilang Kanyang mga natatanging mga kasangkapan.

Umuuwing dala ang mga katibayan ng pagtatagumpay, galit na sinisi nila si Gedeon: "Bakit ginawa mo sa amin ang ganyan, na hindi mo kami tinawag nang ikaw ay yumaong makipaglaban sa Madianita?" "Ano ang aking ginawa ngayon na paris ng inyo?" wika ni Gedeon. "Di ba mainam ang pagsimot ng ubas ng Ephraim kay sa pag-aani ng sa Abiezer? Ibinigay ng Dios sa inyong kamay ang mga prinsipe sa Madian, si Oreb, at si Zeeb, at ano ang aking magagawa na paris ng inyo?"

Ang espiritu ng paninibugho ay madali sanang naging away na maaaring maging sanhi ng hidwaan at pagdanak ng dugo; subalit ang mapagpakumbabang sagot ni Gedeon ay gumamot sa galit ng mga lalaki ng Ephraim, at sila ay umuwing mapayapa sa kanilang mga tahanan. Matatag at hindi pumapasok sa kompromiso kung saan ang prinsipyo ay nakatay, at sa digmaan ay isang lalaking "makapangyarihang may tapang," si Gedeon ay nagpahayag din ng espiritu ng paggalang na bihirang nasasaksihan.

Ang mga tao sa Israel, sa kanilang pagpapasalamat sa pagkakaligtas mula sa mga Madianita, ay nagmungkahi kay Gedeon na gagawin siyang kanilang hari, at ang trono ay pananatilihin sa kanyang mga inanak. Ang mungkahing ito ay isang tuwirang paglabag sa mga prinsipyo ng pamamahala ng Dios. Ang Dios ang hari ng Israel, at ang sila ay maglagay ng isang lalaki sa trono ay magiging isang pagtanggi sa kanilang Dios na makapangyarihan. Nabatid ni Gedeon ang katotohanang ito; ang kanyang sagot ay nag-

pahayag ng kung gaano katotoo at gaano karangal ang kanyang mga motibo. “Hindi ako magpupuno sa inyo,” pahayag niya; “ni magpupuno man ang aking anak sa inyo: ang Panginoon ang magpupuno sa inyo.”

Subalit si Gedeon ay nahulog sa ibang pagkakamali na naghatid ng sakuna sa sarili niyang sambahayan at sa buong Israel. Ang panahon na walang ginagawa na kasunod ng isang malaking pagpupunyagi ay laging puno ng mas malaking panganib kaysa panahon ng pakiki- pagtunggali. Sa panganib na ito ngayon nalantad si Gedeon. Isang espiritu ng pagkabalisa ang napasa kanya. Sa mga nakalipas na panahon ay nasiyahan na siyang tumutupad ng mga ipinag-uutos sa kanya ng Dios; subalit ngayon, sa halip na maghintay sa pagpatnubay ng Dios, nagsimula siyang magpanukala para sa kanyang sarili. Kapag ang mga hukbo ng Panginoon ay nagkakaroon ng isang malinaw na pagtatagumpay, dinodoble ni Satanas ang kanyang [656] pagsisikap upang ibagsak ang gawain ng Dios. Dahil dito ang mga kaisipan at mga panukala ay iminungkahi sa isip ni Gedeon, na sa pamamagitan noon ang bayan ng Israel ay nailigaw.

Sapagkat siya ay inutusang maghandog ng hain sa bato na doon ang Anghel ng Panginoon ay napakita sa kanya, ipinasya ni Gedeon na siya ay itinalaga upang maglingkod bilang isang saserdote. Hindi na naghintay sa pagsang-ayon ng Dios, ipinasya niyang gumawa ng isang angkop na dako, at magtatag ng isang sistema ng pagsamba na katulad ng isinasagawa sa tabernakulo. Taglay ang pagkadama ng malakas na pagsang-ayon sa kanya, siya ay hindi nahirapan sa pagsasa- katuparan ng kanyang panukala. Sa kanyang kahilingan, ang lahat ng mga hikaw na nakuha mula sa mga Madianita ay ibinigay sa kanya bilang kanyang bahagi sa mga samsam. Ang mga tao ay nagtipon din ng ibang mamahaling mga kasuutan ng mga prinsipe ng Madian. Mula sa mga materyales na iyon na ipinagkaloob, si Gedeon ay gumawa ng isang epod at ng isang pektoral, na ginaya doon sa mga isinusuot ng punong saserdote. Ang ginawa niya ay naging bitag para sa kanyang sarili at sa kanyang sambahayan, gano’n din sa Israel. Ang hindi ipinahintulot na pagsamba ay umakay sa marami upang sa huli ay tumalikod sa Panginoon, upang maglingkod sa mga diyus- diyusan. Nang si Gedeon ay mamatay, malaking bilang na kabilang doon ang kanyang sariling sambahayan, ay tumalikod sa Panginoon. Ang mga tao ay naakay

palayo sa Dios sa pamamagitan ng lalaking minsan ay nag-alis sa kanilang pagsamba sa diyus-diyusan.

Kakaunti ang nakakabatid sa nararating na bunga ng kanilang mga salita at mga kilos. Malimit ang mga pagkakamali ng mga magulang ay lumilikha ng malaking pinsala sa kanilang mga anak at sa mga inanak ng kanilang mga anak, malaon nang napasa libingan ang mga nagsigawa noon. Ang bawat isa ay lumilikha ng impluwensya sa iba, at mananagot sa naging bunga ng impluwensyang iyon. Ang mga salita at mga kilos ay may kapangyarihang magsaysay, at ang mahabang panahong sumusunod ay magpapahayag ng epekto ng ating buhay dito. Ang kaisipang pinarating ng ating mga salita at mga gawa ay tunay na babalik sa atin bilang pagpapala o sumpa. Ang kaisipang ito ay nagbibigay sa atin ng isang dakilang karingalan ng buhay, at kinakailangang umakit sa atin tungo sa Dios sa dalangin tayo ay Kanyang patnubayan sa pamamagitan ng Kanyang karunun-
[657] gan.

Yaong mga nakatayo sa pinakamataas na mga tungkulin ay maaaring umakay sa kapahamakan. Ang pinakapantas ay nagkakamali; ang pinakamalakas ay maaaring magkamali at mabuwal. Kailangang ang liwanag mula sa kalangitan ang patuloy na mapasa ating landas. Ang tanging kaligtasan natin ay nakasalalay sa lubos na pagtitiwala ng ating daan sa Kanya na nagsabi, "Sumunod ka sa Akin."

Makalipas ang pagkamatay ni Gedeon, "hindi naalaala ng mga anak ni Israel ang Panginoon nilang Dios, na siyang nagpapaging laya sa kanila sa kamay ng lahat nilang mga kaaway sa buong palibot: O gumanti man lamang ng kagandahang loob sa sangbahayan ni Jero-baal, na siyang Gedeon ayon sa lahat ng kabutihan na kanyang ipinakita sa Israel." Sa pagkalimot sa lahat ng kanilang utang kay Gedeon, na kanilang hukom at tagapagligtas, tinanggap ng bayan ng Israel ang kanyang anak sa karamihan na si Abimelech bilang kanilang hari, na, upang mapanatili ang kanyang kapangyarihan, ay pinatay ang lahat, liban lamang sa isa, na tunay na mga anak ni Gedeon. Kapag inalis ng tao ang pagkatakot sa Panginoon, madali silang humihiwalay sa karangalan at pagkamatapat. Ang pagkilala sa kaawaan ng Panginoon ay maghahatid tungo sa pagkilala doon sa, tulad ni Gedeon, ay ginamit na mga kasangkapan upang pagpalain ang Kanyang bayan. Ang malupit na ginawa ng Israel sa sambahayan

ni Gedeon ay maaaring asahan mula sa isang bayan na nagpapahayag ng ganon kalaking kawalan ng utang na loob sa Dios.

Makalipas ang pagkamatay ni Abimelech, ang pamumuno ng mga hukom na may pagkatakot sa Panginoon, sa isang kapanahunan, ay nagsilbing pagpigil sa pagsamba sa diyus-diyusan, subalit palaging bumabalik ang tao sa mga gawain ng mga bayan sa paligid nila na hindi kumikilala sa Dios. Sa mga lipi na nasa hilaga, ang mga diyos ng Siria at ng Sidon ay maraming taga samba. Sa timog kanluran ang diyus-diyusan ng mga Filisteo, at sa silangan ay ang sa Moab at Ammon, ang nagpalayo ng puso ng Israel mula sa Dios ng kanilang mga ama. Subalit ang pagtalikod ay mabilis na naghatid ng parusa niyaon. Nilupig ng mga Ammonita ang mga lipi sa silangan, at pagkatawid ng Jordan, ay linooban ang nasasakupang Juda at ng Ephraim. Sa kanluran ang mga Filisteo ay dumating mula sa kanilang mga kapatagan sa tabi ng dagat, nanununog at naninira sa malayo at sa malapit. At muli ng Israel ay tila binayaan sa kapangyarihan ng malupit na mga kaaway. [658]

Sa muli ang bayan ay humiling ng tulong mula sa Kanya na matagal na nilang nilimot at ininsulto. "At dumaing ang mga anak ni Israel sa Panginoon, na sinasabi, kami ay nagkasala laban sa Iyo, sapagkat aming pinabayaan ang aming Dios, at kami ay naglingkod sa mga Baal." Subalit ang kapighatian ay hindi gumawa ng tunay na pagsisisi. Ang mga tao ay nalungkot sapagkat ang kanilang mga kasalanan ay naghadd ng paghihirap sa kanila, subalit hindi sa dahilang kanilang nilapastangan ang Dios sa pamamagitan ng pagsalangsang sa Kanyang kautusan. Ang tunay na pagsisisi ay higit pa sa pagkalungkot sa kasalanan. Iyon ay isang may kapasyahang pagtalikod mula sa kasamaan.

Ang Panginoon ay sumagot sa kanila sa pamamagitan ng isa sa Kanyang mga propeta: "Di ba pinapaging laya ko kayo sa mga taga Ehipto, at sa mga Amorrheo, sa mga anak ni Ammon, at sa mga Filisteo? Ang mga Sidonio man, at ang mga Amalecita, at ang mga Maonita ay pumighati rin sa inyo; at kayo'y dumaing sa Akin, at pinapaging laya Ko kayo sa kanilang mga kamay. Gayon ma'y pinabayaan ninyo Ako, at kayo'y naglingkod sa ibang mga diyos: Kaya't hindi Ko na kayo palalayain. Kayo'y yumaon at dumaing sa mga diyos na inyong pinili; palayain kayo nila sa panahon ng inyong kapighatian."

Ang solemne at kakilakilabot na mga salitang ito ay naghahatid sa pag-iisip tungo sa isa pang tagpo—ang dakilang araw ng huling paghuhukom—kapag ang mga tumanggi sa kahabagan ng Dios at ang mga tumanggi sa Kanyang biyaya ay humarap sa Kanyang paghatol. Sa hukumang iyon sila ay kinakailangang magsulit sa mga talentong ibinigay ng Dios tulad ng panahon, mga tinatangkilik, o ng karunungan, na ipinaglingkod sa mga diyos ng sanlibutang ito. Kanilang kinaligtaan ang kanilang tunay at mapagmahal na Kaibigan, upang sumunod sa landas ng kaginhawahan at makamundong kasi- yahan. Pinanukala nilang pagdating ng panahon ay manunumbalik sa Dios; subalit inubos ng sanlibutan ang kanilang panahon sa kanyang kahangalan at mga panglilinlang. Walang gaanong kabuluhang mga libangan, kapalaluan sa pananamit, pagbibigay laya sa panglasa, ang nagpatigas ng puso at nagpapurol sa isipan, kung kaya't ang tinig ng katotohanan ay hindi na narinig. Ang tungkulin ay hinamak. Ang mga bagay na may walang hanggang kahalagahan ay hindi gaanong pinahalagahan, hanggang ang puso ay lubos nang nawalan ng pagna- nasang magsakripisyo para sa Kanya na nagbigay
[659] ng gano'n na lamang para sa tao. Subalit sa panahon ng pag-aani ay kanilang titipunin ang kanilang inihasik.

Wika ng Panginoon: "Ako'y tumawag, at kayo'y tumanggi: Aking iniunat ang aking kamay, at walang makinig; kundi inyong iniuwi sa wala ang buo kong payo, at hindi ninyo inibig ang Aking saway:...pagka ang inyong takot ay dumarating na parang bagyo, at ang inyong kasakunaan ay dumarating na parang ipo-ipo; pagka ang hirap at hapis ay dumating sa inyo. Kung magkagayo'y tatawag sila sa Akin, ngunit hindi Ako sasagot; hahanapin nila Akong masikap, ngunit hindi nila Ako masumpungan: sapagkat kanilang ipinagtanim ang kaalaman, at hindi pinili ang takot sa Panginoon. Ayaw sila ng Aking payo; kanilang hinamak ang buo Kong pagsaway: kaya't sila'y magsisikain ng bunga ng kanilang sariling lakad, at mabubusog ng kanilang sariling mga kagagawan." "Ngunit ang nakikinig sa Akin ay tatahang tiwasay. At tatahimik na walang takot sa kasamaan." Kawikaan 1:24-31, 33.

Ang mga Israelita ngayon ay nagpakumbaba sa harap ng Panginoon. "At kanilang inihiwalay ang mga diyos ng iba sa kanila, at naglingkod sa Panginoon." At ang puso ng Dios na mapagmahal ay nagda- Iamhati—"nagdalamhati dahil sa karalitaan ng Israel." O,

ang ma- tiising kahabagan ng ating Dios! Kapag inaalis ng Kanyang bayan ang kanilang mga kasalanan na nakapaglalayo sa Kanyang pakikiharap, Kanyang dinirinig ang kanilang mga dalangin, at kaagad nagsisimulang gumawa para sa kanila.

Isang tagapagligtas ang ibinangon sa katauhan ni Jephte, isang Galaadita, na nakipagdigma sa mga Ammonita, at mahusay na winasak ang kanilang kapangyarihan. Sa loob ng labingwalong taon sa pagkakataong ito, ang Israel ay nagdusa sa ilalim ng pangaapi ng kanilang mga kalaban, gano'n pa man muling nalimutan ang aral na itinuro ng kapighatian.

Sa panunumbalik ng Kanyang bayan sa kanilang masasamang mga gawain, pinahintulutan ng Panginoon na sila ay maapi pa rin ng kanilang mga kaaway na makapangyarihan, na mga Filisteo. Sa loob ng maraming mga taon sila ay patuloy na sinasaktan, at sa ibang mga pagkakataon sila ay lubos na nalulupig, nitong malupit at mapandigmang bansa. Sila ay nakisalamuha sa mga mapagsambang ito sa mga diyus-diyusan, nakilakip sa kanila sa kanilang mga kasiyahan at sa pagsamba, hanggang sa naging tila kaisa na nila sila sa espiritu at sa kinahihiligan. At ang mga nag-aangking mga kaibigang ito [660]
ng Israel ay naging pinakamabagsik na mga kaaway nila, at buong sikap na sila ay ipinahamak sa lahat ng paraan.

Tulad ng Israel, ang mga Kristiano ay malimit sumasang-ayon sa impluwensya ng sanlibutan, at umaayon sa mga prinsipyo at mga gawain, upang makuha ang pakikipagkaibigan ng mga hindi kumikilala sa Dios; subalit sa huli ay masusumpungan na ang mga nag-aangking ito na mga kaibigan ang pinakamapanganib na mga kaaway. Ma- liwanag na itinuturo ng Biblia na walang magandang pagsasamahan sa pagitan ng bayan ng Dios at ng sanlibutan. "Huwag kayong mag- taka mga kapatid kung kayo'y kinapopootan ng sanglibutan." 1 Juan 3:13. Wika ng ating Tagapagligtas, "Talastas ninyo na Ako muna ang kinapootan bago kayo." Juan 15:18. Si Satanas ay gumagawa sa pamamagitan ng mga hindi kumikilala sa Dios, sa ilalim ng isang nagpapanggap na kaibigan, upang akitin ang bayan ng Dios tungo sa kasalanan, upang kanila silang maihiwalay mula sa Kanya; at kapag ang kanilang pananggalang ay naalis, kanyang pangungunahan ang kanyang mga kasangkapan upang lumaban sa kanila, at sikaping sila ay mapahamak. [661]

## Kabanata 54—Samson

Ang kabanatang ito ay batay sa Mga Hukom 13 hanggang 16.

Sa kalagitnaan ng laganap na pagtalikod, ang mga tapat sa pagsamba sa Dios ay patuloy na dumadalangin sa Kanya para sa kaligtasan ng Israel. Bagaman ang nahahayag ay tila hindi pagtugon, bagaman taun-taon ang kapangyarihan ng mang-aapi ay patuloy na tumitindi sa lupain, ang habag at pagpatnubay ng Dios ay naghahanda ng tulong para sa kanila. Maging sa unang mga taon ng pang-aapi ng mga Filisteo, ang isang sanggol ay isinilang na sa pamamagitan niya ay iginagayak ng Dios na papagpakumbabain ang kapangyarihan nitong makapangyarihang mga kaaway.

Sa hangganan ng bulubunduking dako kung saan ang kapatagan ng mga Filisteo ay maaaring matanawan, ay naroon ang maliit na bayan ng Sora. Dito nakatira ang sambahayan ni Manoa, sa lipi ni Dan, isa sa kakaunting mga sambahayan na sa kalagitnaan ng pang- kalahatang pagtalikod ay nanatiling tapat sa tunay na Jehova. Sa walang anak na asawa ni Manoa, "ang Anghel ng Panginoon" ay napakita, na may pahayag na siya ay magkakaroon ng anak na sa pamamagitan niya ang Dios ay magsisimulang iligtas ang Israel. Dahil dito, ang Anghel ay nagbigay sa kanya ng tagubilin tungkol sa sarili niyang mga ginagawa, at ganon din sa pagpapalaki sa kanyang anak: "Ngayon nga mag-ingat ka, isinasamo ko sa iyo, at huwag kang uminom ng alak o ng inuming nakalalasing, at huwag kang kumain ng anomang maruming bagay." At ang gano'n ding tagubilin ay kinakailangang tuparin, mula sa simula, sa sanggol, at bilang karag- dagan ang kanyang buhok ay hindi dapat maputol; sapagkat siya ay itatalaga sa Dios bilang isang Nazareno mula sa kanyang pagsilang.

Hinanap ng babae ang kanyang asawa, at matapos ilarawan ang Anghel, ay binanggit niya ang pahayag. At, sa pangamba na baka sila ay magkamali sa mahalagang gawain na ipinagkakatiwala sa kanila, ang asawang lalaki ay nanalangin, "Isinasamo ko sa iyo,

Oh Panginoon, na pabalikin mo uli ang lalaki ng Dios na iyong sinugo sa amin, at ituro sa amin kung ano ang aming gagawin sa bata na ipapanganak.” Nang ang anghel ay magpakitang muli, ang nababahalang tanong ni Manoa ay, “ano ang ipagpapagawa sa bata, at paanong aming gagawin sa kanya?” Ang dating itinagubilin ay [662] inulit—“Sa lahat ng Aking sinabi sa babae ay mag-ingat siya. Siya’y hindi makakakain ng anomang bagay na nanggagaling sa ubasan, ni uminom man lamang ng alak ni ng inuming nakakalasing, ni kumain man ng anomang maraming bagay; lahat ng iniutos Ko sa kanya ay sundin niya.”

Ang Dios ay may mahalagang gawain para sa ipinangakong anak ni Manoa upang gawin, at upang siya ay magkaroon ng mga katangiang kailangan para sa gawaing ito, ang mga ugali kapwa ng ina at ng anak ay kinakailangang maisaayos. “Ni uminom man lamang ng alak ni ng inuming nakakalasing,” ang tagubilin ng Panginoon para sa asawa ni Manoa, “ni kumain man ng anomang maruming bagay; lahat ng iniutos Ko sa kanya ay sundin niya.” Ang bata ay maaapektuhan ng makabubuti o makasasama sa pamamagitan ng ugali ng ina. Siya ay kinakailangang mapangunahan ng prinsipyo, at kinakailangang maging mapagtimpi at mapagtanggi sa sarili, kung nais niya ang makabubuti sa kanyang anak. Ipaggigiitan ng hindi pantas na mga tagapayo sa ina ang pangangailangang matugunan ang bawat naisin at iudyok ng damdamin, subalit ang gano’ng payo ay mali at pawang panlilinlang. Ang ina sa pamamagitan ng ipinag-utos ng Dios ay inilalagay sa isang pinakabanal na obligasyon upang maging mapagtimpi sa sarili.

At ang mga ama tulad ng mga ina ay kasangkot rin sa responsibilidad na ito. Ang ama at ina ay parehong nagbabahagi ng sarili nilang likas, pag-iisip at pangangatawan, ng kanilang mga disposisyon at panglasa, sa kanilang mga anak Bunga ng kawalan ng pagtitimpi ng mga magulang, malimit ay nagkukulang ang mga bata ng lakas ng pangangatawan at kapangyarihan ng pag-iisip at ng moralidad. Ang mga umiinom ng alak at ang mga naninigarilyo, ay nakapagsasalin sa kanilang mga anak ng kanilang walang kasiyahang panglasa, ng kanilang nag-iinit na mga dugo at pagkamagagalitin. Ang mga hindi mapagpigil ay malimit nagsasalin ng kanilang hindi banal na pagnanasa, at maging ng karima-rimarim na mga karamdaman, bilang pamana sa kanilang mga anak. At sapagkat ang mga anak

ay naging kakaunti na ang kapangyarihan upang tumanggi sa tukso kaysa kanilang mga magulang, ay karaniwang nangyayari ang patuloy na pagbaba ng mga sumusunod na mga henerasyon. Sa isang malaking banda, ang mga magulang ang may pananagutan, hindi lamang sa hindi mapigilang mga pagnanasa at tiwaling mga panlasa
[663] ng kanilang mga anak, kundi gano'n din sa mga kapansanan ng mga isinisilang na bingi, bulag, may karamdaman, o may sira ang bait.

Ang marapat na tanong ng bawat ama at ina ay, "Ano ang aming gagawin sa bata na isisilang sa amin?" Ang epekto ng mga implu- wensya sa bata bago pa siya isilang ay hindi gaanong pinahahalagahan ng marami; subalit ang mga tagubilin na pinarating mula sa langit para sa mga magulang na iyon na mga Hebreo, at dalawang beses inulit sa pinakamalinaw at pinakasolemneng paraan, ay nagpapahayag na ang bagay na ito ay pinahahalagahan ng ating Manlalalang.

At hindi sapat na ang ipinangakong anak ay tumanggap ng mabuting pamana mula sa mga magulang. Ito ay kinakailangang sundan ng maingat na pagsasanay, at paghubog ng mga wastong ugali. Ipinag- utos ng Dios na ang magiging hukom at tagapagligtas ng Israel ay masanay sa mahigpit na pagtitimpi mula sa pagkasanggol. Siya ay kinakailangang maging isang Nazareno mula sa pagkasilang, nang sa gano'n ay malagay sa isang nagpapatuloy na pagbabawal laban sa paggamit ng alak o ng nakalalasing na inumin. Ang mga liksyon ng pagtitimpi, pagtanggi sa sarili, at pagpipigil sa sarili, ay kinakailangang maituro sa mga bata mula pa man sa pagkabata.

Kabilang sa mga ipinagbawal ng Anghel ang "anomang maraming bagay." Ang pagkakaiba ng malinis at maraming pagkain ay di isang pawang seremonyal o di-makatuwirang regulasyon, iyon ay batas sa mga prinsipyo ng kalinisan. Sa pagkilala sa pagkakaibang ito ay maaaring matalunton, sa isang malaking sanhi, ang kahanga-hangang lakas na sa loob ng libu-libong mga taon ay naging katangian ng mga Hudyo. Ang mga prinsipyo ng pagtitimpi ay kinakailangang magamit higit pa sa pawang pag-inom ng mga nakalalasing na mga alak. Ang pagkain ng malasa at hindi natutunaw na mga pagkain ay malimit gano'n ding nakasisira ng kalusugan, at sa maraming pagkakataon ay naghahasik ng panglalasing sa mga binhi. Ang tunay na pagtitimpi ay nagtuturo na lubos nating alisin ang lahat ng nakasasama, at gamitin na may katalinuhan yaong mga nakapag- pa-

palusog. Kakaunti ang nakababatid ng dapat mabatid kung paanong ang kanilang likas, at pagiging kapakipakinabang sa sanlibutang ito, at sa kanilang pangwalang hanggang kahahantungan. Ang panglasa ay kinakailangang laging nasa ilalim ng kapangyarihan ng moralidad at ng pag-iisip. Ang katawan ang kinakailangang maging alipin ng isip, at hindi ang isip ang alipin ng katawan. [664]

Ang pangako ng Dios kay Manoa ay natupad sa kapanahunan nang isilang ang isang anak na lalaki, na pinangalanang Samson. Samantalang ang bata ay lumalaki, naging kapansin-pansin na siya ay mayroong pambihirang lakas. Gano'n pa man, ayon sa nalalaman ni Samson at ng kanyang mga magulang, nakasalalay sa kanyang mahusay na mga kalamnan, kundi sa kanyang kalagayan bilang isang Nazareno, na sinisimbuluhan ng kanyang hindi pinuputulang buhok. Kung sinunod lang sana ni Samson ang mga utos ng Dios na kasing tapat ng pagsunod ng kanyang mga magulang, siya ay nagkaroon ng higit na marangal at masayang kinahinatnan. Subalit ang pakik-isalamuha sa mga sumasamba sa mga diyus-diyusan ang sumira sa kanya. Sapagkat malapit ang bayan ng Sora sa bansa ng mga Filisteo, si Samson ay nakisalamuha sa kanila sa pakikipagkaibigan. Kaya't sa kanyang kabataan, nagkaroon ng pakikipagpalagayan ng loob, na ang impluwensya noon ay nagpadilim sa kanyang buong buhay. Isang kabataang babae na naninirahan sa Timna na isang bayan ng mga Filisteo ang nakipag-ibigan kay Samson, at ipinasiya niyang gawin siyang kanyang asawa. Sa kanyang mga magulang na may pagkilala sa Dios na nagsikap manghikayat na huwag na niyang ituloy ang. kanyang panukala, ang kanya lamang sagot ay, "siya'y lubhang nakalulugod sa akin." Sa huli ay sumangayon din ang kanyang mga magulang sa kanyang kagustuhan, at ang kasalan ay naganap.

Panahon na siya ay pasimulang pumapasok sa pagkabinata, ang panahong kinakailangang isakatuparan ang kanyang banal na misyon—ang panahong higit sana sa lahat ay naging tapat siya sa Dios—si Samson ay nakilakip sa mga kaaway ng Israel. Hindi siya nagtanong kung higit niyang mapararangalan ang Dios kapag nalakip sa kanyang pinili, o kung kanyang nailalagay ang kanyang sarili sa isang kalagayan baka hindi niya magaganap ang layuning kina- kailangan niyang maganap sa kanyang buhay. Sa lahat ng nagsisikap na maparangalan muna Siya, ang Dios ay nangako ng

karunungan; subalit walang pangako para doon sa mga nakahilig sa pagbibigay- lugod sa sarili.

Kay rami ng tumatahak sa landas na dinaanan ni Samson! Kay limit nagiging mag-asawa ang hindi magkapananampalataya, sapagkat ang hilig ang nanguna sa pagpili sa mapapangasawang lalaki o babae! Ang mga kasangkot ay hindi humihingi ng payo mula sa Dios, ni hindi isinasa-alang-alang ang Kanyang kaluwalha-
[665] tian. Ang

Kristianismo ay kinakailangang magkaroon ng impluwensyang nakakaapekto sa pag-aasawa, subalit malimit nangyayari na ang moti- bong umaakay sa pagsasamang ito ay hindi kasang-ayon ng mga prinsipyong pang Kristiano. Si Satanas ay patuloy na nagsisikap mapalakas ang kanyang kapangyarihan sa bayan ng Dios sa pamamagitan ng pag-akit sa kanila na makilakip sa kanyang mga kampon; at upang ito ay kanyang maisakatuparan sinisikap niyang kilusin ang mga hindi banal na pagnanasa ng puso. Subalit ang Panginoon sa Kanyang salita ay malinaw na nag-utos sa Kanyang bayan na huwag makilakip doon sa hindi pinananahan ang pag-ibig Niya. "Anong pakikipagkasundo mayroon si Kristo kay Belial? o anong bahagi mayroon ang sumasampalataya sa di sumasampalataya? At anong pakikipagkaisa mayroon ang templo ng Dios sa mga diyus-diyusan?" 2 Corinto 6:15, 16.

Sa pista ng kanyang kasal si Samson ay nakisalamuha doon sa mga may galit sa Dios ng Israel. Sinumang magkusang pumasok sa ganong pakikisalamuha ay makadarama ng pangangailangang sumang-ayon, sa isang banda, sa mga ugali at gawain ng kanyang mga kasamahan. Kaya't ang oras na ginagamit sa ganoong paraan ay higit pa sa nasasayang. Ang mga kaisipan ay napag-uukulan ng pansin at ang mga salita ay nabibigkas, na may kakayanang magbabagsak sa prinsipyo, at magpahina sa patibayan ng kaluluwa.

Ang asawang babae, na makamtan lamang ay naging sanhi ng paglabag ni Samson sa utos ng Dios, ay naging taksil sa kanyang asawang lalaki bago pa man natapos ang pista ng kasal. Sa galit sa kanyang kataksilan, iniwan siya ni Samson sandali, at umuwing mag- isa sa kanyang tahanan sa Sora. At, nang maglubag ang kanyang kalooban, siya ay bumalik sa kanyang asawa, nasumpungan niyang ang babae ay asawa na ng iba. Ang kanyang paghihiganti, sa pamamagitan ng pagsira sa lahat ng mga bukid at ubasan ng mga Filisteo,

ay nag-udyok sa kanila na patayin ang kanyang asawa, bagaman ang kanilang pagbabanta ang sanhi ng kanyang kataksilan na naging simula ng kaguluhang iyon. Si Samson ay nakapagpahayag na ng kanyang kagilagilalas na lakas, sa pamamagitan ng pagpatay sa tatlumpung lalaki ng Askelon. Dahil sa malupit na pagpatay sa kanyang asawa, ay kanyang nilusob ang mga Filisteo at pinagpapatay sila "ng di kawasang pagpatay." At sa pagnanasang magkaroon ng ligtas na mapag- papahingahan mula sa kanyang mga kaaway, siya ay umalis patungo sa "Bato ng Etam" na nasa lipi ni Juda. [666]

Sa lugar na ito siya ay hinabol ng isang malaking puwersa, ang mga naninirahan sa Juda, sa kalakihan ng takot, ay nagpapahamak na sumang-ayon na ibigay siya sa kanyang mga kaaway. Dahil doon tatlong libong mga lalaki ng Juda ang nagtungo sa kanya. Subalit maging sa ganong kalagayan sila ay hindi nangahas lumapit sa kanya, hanggat hindi sila nakatitiyak na hindi niya sasaktan ang sarili niyang mga kababayan. Si Samson ay sumang-ayong maitali, at maihatid sa mga Filisteo, subalit pinapangako muna niya ang mga lalaki ng Juda na hindi sila ang dadaluhong sa kanya upang huwag siyang mapilitang patayin sila. Pinahintulutan nila silang itali siya sa pamamagitan ng dalawang bagong lubid, at siya ay dinala sa loob ng kampamento ng kanyang mga kaaway sa kalagitnaang pagpapahayag ng malaking kagalakan. Subalit samantalang ang kanilang mga sigaw ay pumu- pukaw sa mga alingawngaw ng mga burol, "ang Espiritu ng Panginoon ay makapangyarihang sumakanya." Nilagot niya ang mga bagong lubid na parang mga linong natupok sa apoy. At pagkuha sa pina- kamalapit na sandatang magagamit na, bagaman pawang isang panga ng asno, ay naging higit na mabisa kaysa espada o sibat, pinagsasaktan niya ang mga Filisteo hanggang sa sila'y nagtakbuhan sa takot, na iniwan ang may isang libong mga lalaki sa parang na napatay.

Kung ang mga Israelita lamang ay naging handa upang makiisa kay Samson, at sinundan ang pagtatagumpay, sana sa pagkakataong ito ay napalaya na nila ang kanilang mga sarili mula sa kapangyarihan ng mga nang-aapi sa kanila. Subalit sila'y nasiraan ng loob at naging duwag. Kinaligtaan nila ang gawaing ipinagagawa sa kanila ng Dios, ang pagpapaalis sa mga sumasamba sa mga diyus-diyusan, at nakilakip sa kanilang mga gawain na nakapagpapababa, hinayaan ang kanilang kalupitan, at, hangga't iyon ay hindi nakaukol sa kanila,

ay sumasang- ayon sa kanilang kawalan ng katarungan. Kapag sila ang napasa ilalim ng mga nangagpapahirap, sila ay maamong sumuko sa panghahamak na sana naman ay kanilang natakasan, kung sila lamang ay sumunod sa Dios. Maging kung ang Panginoon ay nagbabangon ng kanilang tagapagligtas, hindi madalang na kanilang pinababayaan siya, at nakikiisa sa kanilang mga kaaway.

Makalipas ang kanyang pagtatagumpay, si Samson ay ginawang hukom ng mga Israelita at siya ay namuno sa Israel sa loob ng [667] dalawampung taon. Subalit ang isang maling hakbang ay naghanda ng daan para sa isa pa. Si Samson ay sumalangsang sa utos ng Dios sa pamamagitan ng pagkuha ng mapapangasawa mula sa mga Filisteo, at muli siyang nakipagsapalaran sa kanila—na ngayon ay kanyang mabagsik na mga kaaway—sa pagbibigay laya sa mga pagnanasang labag sa kautusan. Sa pagtitiwala sa kanyang dakilang kapangyarihan, na pumukaw ng malaking takot sa mga Filisteo, may tapang siyang nagtungo sa Gasa, upang dumalaw sa isang patotot sa dakong iyon. Nalaman ng mga naninirahan sa lungsod ang tungkol sa kanyang presensya, at sila ay sabik na makapaghiganti. Ang kanyang mga kaaway ay nasa loob ng mga pader ng isang pinakamatibay na kuta sa lahat ng kanilang mga lungsod; sila'y nakatitiyak sa kanilang biktima, at naghihintay lamang mag-umaga upang ganapin ang kanilang tagumpay. Nang hatinggabi, si Samson ay nagising. Ang nanunumbat na tinig ng konsensya ay lumikha sa kanya ng mataos na pagsisisi, nang kanyang maalaala na siya ay sumira sa kanyang panata bilang isang Nazareno. Subalit sa kabila ng kanyang kasalanan, siya ay hindi pa iniiwan ng kahabagan ng Dios. Pagpunta niya sa pintuang daan ng lungsod, kanya iyong binunot mula sa kinaroroonan, at binuhat iyon, pati ng haligi at mga sikang, hanggang sa tuktok ng isang burol sa daan patungong Hebron.

Subalit maging ang mahirap na pagkatakas na ito ay hindi nakapigil sa kanyang masamang gawain. Hindi na siya muling nakipagsapalaran sa mga Filisteo, subalit patuloy niyang hinanap yaong mga nararamdamang mga kaligayahan na umaakit sa kanya tungo sa pagkapahamak. "Siya'y suminta sa isang babae sa libis ng Sorec," hindi malayo mula sa sarili niyang sinilangan. Ang kanyang pangalan ay Dalila, "ang tagatupok". Ang libis ng Sorec ay kilala sa mga ubasan niyaon; ito rin ay may tukso sa nanlulupaypay na

Nazareno, na umiinom na ng alak, kaya't sinira ang isa pang tali na nagbibigkis sa kanya sa kadalisayan at sa Dios. Ang mga Filisteo ay matamang nagmamanman sa mga kilos ng kanilang kaaway, at ng kanyang ibaba ang kanyang sarili sa pamamagitan ng bagong pakikilakip na ito, kanilang ipinasya, sa pamamagitan ni Dalila, na ganapin ang pagpatay sa kanya.

Isang grupo ng mga kinatawan na binubuo ng isang pinuno mula sa bawat lalawigan ng mga Filisteo ay pinapunta sa libis ng Sorec. Hindi nila tinangkang hulihin siya samantalang siya ay nagtataglay ng pambihirang lakas, subalit layunin nilang malaman, kung maaari, [668]
ang lihim ng kanyang kapangyarihan. Kaya't kanilang sinuhulan si Dalila upang iyon ay matuklasan at maipahayag.

Samantalang ang tagapagkanulo ay nagpapabalik-balik kay Samson dala ang kanyang mga tanong, kanya siyang nililinlang sa pamamagitan ng pagsasabi na ang lakas ng pangkaraniwang lalaki ay napapasakanya kapag ang ilang mga paraan ay sinubukang gawin. At nang ang bagay na iyon ay kanyang subukan, ang panlilinlang sa pamamagitan ng pagsasabi na ang lakas ng pangkaraniwang lalaki ay napapasakanya kapag ang ilang mga paraan ay sinubukang gawin. At nang ang bagay na iyon ay kanyang subukan, ang panlilinlang ay natutuklasan. At inakusahan niya siya ng pagsisinungaling, na sinasabi, "Bakit nasa- sabi mo, na iniibig kita, sa bagay ang iyong puso ay hindi sumasaakin? pinaglaruan mo akong makaitlo, at hindi mo isinaysay sa akin kung ano ang nagpapahina ng iyong kalakasan." Tatlong ulit si Samson ay nagkaroon ng pinakamalinaw na katibayan na ang mga Filisteo ay may pakikipagkasunduan sa kanyang minamahal upang siya ay patayin; subalit kapag ang kanyang layunin ay nabigo, kanyang itinuturing ang bagay na iyon na pawang biro lamang, at pikit matang inaalis ni Samson ang kanyang pangamba.

Araw-araw, pinipilit siya ni Dalila, hanggang "ang kanyang loob ay naligalig sa ikamamatay;" gano'n pa man isang tusong kapangyarihan ang nagpapanatili sa kanya sa piling ni Dalila. Nang madaig sa wakas, ay ipinahayag ni Samson ang lihim: "Walang pang-ahit na nagdaan sa aking ulo; sapagkat ako'y naging Nazareno sa Dios mula sa tiyan ng aking ina: kung ako'y ahitan, hihiwalay nga sa akin ang aking lakas, at ako'y hihina, at magiging gaya ng alinmang tao." Isang sugo ang kaagad pinapunta sa mga panginoon ng mga Filisteo, na nagsusumamong pumunta agad sa kanya. Samantalang

ang mandirigma ay natutulog, ang mabibigat na tirintas ng kanyang buhok ay inalis mula sa kanyang ulo. At, tulad sa ginawa na niya ng tatlong beses, siya ay tumawag, "Narito na sa iyo ang mga Filisteo Samson!" Nang biglang magising, inisip niyang gamitin ang kanyang lakas tulad ng dati; subalit ang mga bisig niyang wala nang kapangyarihan ay tumangging sumunod sa kanyang nais, at kanyang nabatid na "ang Panginoo'y humiwalay sa kanya." Nang siya ay maahitan, si Dalila ay nagsimulang mang-inis at manakit sa kanya, upang nang sa gano'n ay masubukan ang kanyang lakas; sapagkat ang mga Filisteo ay hindi mangahas na lumapit sa kanya hanggang
[669] hindi lubos na nakatitiyak na ang kanyang kapangyarihan ay wala na. At siya ay kanilang hinuli, at nang maalis ang dalawa niyang mata ay dinala siya sa Gaza. Dito siya ay iginapos ng mga tanikala sa kanilang bahay- piitan, at pinagawa ng mahirap na gawain.

Anong laking pagbabago sa kanya na dating hukom at tagapag- tanggol ng Israel!—ngayon ay mahina, bulag, nakabilanggo, at ibinaba sa pinakahamak sa lahat ng gawain! Unti-unti niyang sinuway ang mga kondisyon ng pagkakatawag sa kanya ng Dios. Ang Dios ay matagal na nagtiis sa kanya; subalit nang lubos na niyang naiayon ang kanyang sarili sa kapangyarihan ng kasalanan na kanyang ipinahayag ang kanyang lihim, ang Panginoon ay humiwalay sa kanya. Walang natatanging bisa ang pagkakaroon niya ng mahabang buhok, subalit iyon ay isang tanda ng kanyang pagtatapat sa Dios; at nang ang tandang iyon ay napasakripisyo dahilan sa pagbibigay laya sa kahalayan, ang pagpapalang kinakatawanan doon ay inalis rin.

Nasa kahirapan at pangungutya, na isang katatawanan para sa mga Filisteo, higit na nabatid ni Samson ang kanyang kahinaan kaysa dati; at ang kanyang paghihirap ay naging sanhi ng kanyang pagsisisi. Samantalang ang kanyang buhok ay lumalago, ang kanyang lakas ay unti unting bumabalik; subalit ang kanyang mga kaaway, na nag- aakalang siya ay nakatanikala at walang magagawang pinsala, ay hindi nakadama ng pagkabahala.

Idinadahilan ng mga Filisteo ang kanilang mga diyos sa kanilang tagumpay; at nagkakatuwaan, kanilang hinamak ang Dios ng Israel. Isang kapistahan ang itinalaga bilang pagpaparangal kay Dagon, ang isdang diyos, "tagapag-ingat ng karagatan." Mula sa mga bayan at mga lalawigan sa buong kapatagan ng mga Filsiteo, ang mga

taong bayan at ang kanilang mga panginoon ay natipon. Dumagsa ang mga tagasamba at napuno ang malaking templo, at pinuno ang malalaking mga palko na malapit sa bubong. Iyon ay isang tagpo ng kainan at katuwaan. Nagkaroon ng kahanga-hangang karingalan ng serbisyo ng mga pag-aalay, sinundan ng mga musiko at ng pagkakainan. At, bilang pangkoronang tropeo ng kapangyarihan ni Dagon, si Samson ay dinala sa loob. Sigaw ng labis na kagalakan ang sumalubong sa pagkakita sa kanya. Kinutya ng mga tao at ng mga pinuno ang kanyang kalagayan, at niluwalhati ang diyos na nagpabagsak sa "maninira sa kanilang bansa." Makalipas ang ilang sandali, wari'y nanlalata, si Samson ay humingi ng pahintulot na makasandal sa dalawang haligi sa gitna na sumusuporta sa bubong [670]
ng templo. At matahimik siyang nanalangin, "Oh Panginoong Dios, idinadalangin ko sa Iyo na alalahanin Mo ako, at idinadalangin ko sa Iyong palakasin Mo ako, na minsan na lamang, Oh Dios upang makaganti akong paminsan sa mga Filisteo". Sa mga salitang ito ay kanyang niyapos ang mga haligi sa kanyang malakas na mga bisig; at pagsigaw ng, "Mamatay nawa akong kasama ng mga Filisteo!" siya ay yumuko, at ang bubong ay nahulog, at pumatay, sa isang pagbagsak, sa lahat ng lubhang karamihan. "Sa gayo'y ang nangamatay na kanyang pinatay ay higit kaysa pinatay niya sa kanyang kabuhayan."

Ang diyus-diyusan at ang mga sumasamba doon, ang saserdote at ang magsasaka, ang mandirigma at mga dakila, ay sama-samang nalibing sa ilalim ng mga guho ng templo ni Dagon. At kasama nila ay ang malahiganteng anyo niya na pinili ng Dios upang maging tagapagligtas ng kanyang bayan. Ang balita tungkol sa kilabot na pagkapagpabagsak ay dinala sa lupain ng Israel, at ang kamag-anakan ni Samson ay bumaba mula sa kanilang mga burol at walang sinumang pumigil, ay kinuha ang bangkay ng namatay na bayani. At kanilang "iniahon siya, at inilibing siya sa pagitan ng Sora at ng Esthaol sa libingan ni Manoa na kanyang ama."

Ang pangako ng Dios na sa pamamagitan ni Samson na Kanyang "pasisimulang iligtas ang Israel sa kamay ng mga Filisteo," ay naganap; subalit kay dilim at nakapanghilakbot ang tala ng buhay ng sana'y naging isang papuri sa Dios at kaluwalhatian ng bayan! Kung si Samson sana'y naging tapat sa pagkakatawag sa kanya ng Dios, ang layunin ng Dios ay natupad sa kanyang ikararangal at

ikaluluwalhati. Subalit siya'y sumang-ayon sa tukso, at hindi naging tapat sa ipinag- katiwala sa kanya, at ang kanyang layunin ay natupad sa pagkatalo, pagkabihag, at pagkamatay.

Sa pangangatawan, si Samson ang naging pinakamalakas na tao sa sanlibutan; subalit sa pagpipigil sa sarili, katapatan, at katatagan, isa siya sa naging pinakamahinang lalaki. Marami ang pinagkakamalan ang malakas na pagnanasa bilang kalakasan ng pagkatao, subalit ang katotohanan ay siya na nadadaig ng kanyang pagnanasa ay isang mahinang tao. Ang tunay na kadakilaan ng isang lalaki ay nasusukat ng mga pandama na kanyang napapangunahan, hindi noong mga nakapangunguna sa kanya.

[671] Ang pangangalaga ng awa at tulong ng Dios ay napa kay Samson, upang siya ay mahandang gumanap sa isang gawain na itinawag sa kanya upang kanyang gampanan. Sa pasimula pa lamang ng buhay siya ay napaligiran ng lahat ng makabubuti sa kanyang lakas ng pangangatawan, kahusayan ng pag-iisip, at kadalisayan ng moralidad. Subalit sa ilalim ng impluwensya ng masasamang nakakasalamuha hinayaan niyang makabitiw sa Dios na siyang tanging kaligtasan ng tao, at siya ay naanod ng baha ng kasamaan. Yaong mga nasa landas ng tungkulin na nahahatid sa pagsubok ay makatitiyak na sila ay tutulungan ng Dios; subalit kung sadyaing ilalagay ng tao ang kanilang sarili sa ilalim ng kapangyarihan ng tukso, sila ay mahuhulog, kaagad o pagkalipas ng ilang panahon.

Yaong mga pinapanukala ng Dios na magamit bilang Kanyang mga kasangkapan para sa isang natatanging gawain, ay ginagamitan ni Satanas ng pinakamatindi niyang kapangyarihan upang mailigaw. Kanya tayong pinatatamaan sa ating mga kahinaan, gumagawa sa pamamagitan ng mahihinang bahagi ng ating pagkatao upang mapangasiwaan ang buong tao; at alam niya na kung ang mga kahinaang ito ay iibigin, siya ay magtatagumpay. Subalit walang dapat madaig. Ang tao ay hindi iniiwanang mag-iisa sa pagdaig sa kasamaan sa pamamagitan ng sarili niyang mga pagsisikap. Ang tulong ay malapit, at ibinibigay sa bawat kaluluwa na tunay na nagnanais noon. Ang mga Anghel ng Dios, na nagpanhik manaog sa hagdan na nakita ni Jacob sa panaginip ay tutulong sa bawat kaluluwa na, mamamanhik
[672] hanggang sa kataas-taasang langit.

# Kabanata 55—Ang Batang si Samuel

Ang kabanatang ito ay batay sa 1 Samuel 1; 2:1-11.

Si Elcana, na isang Levita sa Bundok ng Ephraim, ay isang lalaking mayaman at may impluwensya, at isa ng umiibig at natatakot sa Panginoon. Ang kanyang asawa na si Ana, ay isang babae na may taimtim na kabanalan. Mahinhin at hindi mapagpanggap, ang kanyang pagkatao ay kinatatampukan ng malalim na kataimtiman at matayog na pananampalataya.

Ang pagpapalang pinakananais ng bawat Hebreo ay ipinagkait sa maka-dios na mag-asawang ito; ang kanilang tahanan ay hindi napasisiya ng tinig ng pagkasanggol; at ang pagnanasang magkaroon ng magdadala ng kanyang pangalan ay umakay sa lalaki, kung paanong iyon ay umakay na sa iba—upang makipagkasundo para sa isa pang asawa. Subalit ang hakbang na ito, na kinikilos ng kakulangan ng pananampalataya sa Dios, ay hindi naghahatid ng kaligayahan. Ang mga anak na lalaki at mga anak na babae ay napadagdag sa sambahayan; subalit ang kagalakan at kagandahan ng banal na itinatag ng Dios ay nasisira, at ang kapayapaan ng sambahayan ay nababasag. Si Peninna, ang bagong asawa, ay selosa at makitid ang isip, at nagtataglay siya ng pagiging mapagmataas at kapusungan. Para kay Ana, ang pag-asa ay tila wala na, at ang buhay ay isang kabigatan; gano'n pa man kanyang hinarap ang pagsubok na may hindi tumututol na kaamuan.

Matapat na isinasakatuparan ni Elcana ang mga ipinag-utos ng Dios. Ang pagsamba sa Silo ay ipinagpapatuloy pa, subalit dahil sa ilang hindi pagtatapat sa pangangasiwa ang kanyang paglilingkod ay hindi lamang isinasagawa sa santuwaryo, na kung saan, bilang isang Levita, ay kinakailangan niyang isagawa. Ganon pa man siya ay pumapanhik, kasama ang kanyang sambahayan upang sumamba sa mga itinakdang kapulungan.

Maging sa kalagitnaan ng mga banal na mga kapistahan kaugnay ng paglilingkod sa Dios, ang masamang espiritu na naging sumpa

sa kanyang tahanan ay nanghihimasok. Matapos maipagkaloob ang mga handog ng pagpapasalamat, ang buong sambahayan, sang-ayon sa kaugaliang itinatag, ay nagsasama-sama sa isang solemne [673] ngunit masayang piging. Sa mga okasyong tulad nito, si Elcana ay nagbibigay ng bahagi para sa ina ng kanyang mga anak at para sa bawat anak na lalaki at babae; at bilang patotoo ng pagpapahalaga kay Ana, binigyan niya siya (si Ana) ng dobleng bahagi, na tanda na ang kanyang pag- ibig sa kanya ay tila mayroon din siyang anak. At ang ikalawang asawa, na nakikilos ng inggit, ay nag-aangkin sa kahalagahan bilang isa na lubos na kinalugdan ng Dios, at tinutuya si Ana sa kanyang kalagayan na walang anak bilang patunay sa hindi pagkalugod ng Dios. Ang bagay na ito ay inuulit taun-taon, hanggang iyon ay hindi na matiis ni Ana. Sapagkat hindi na niya maikubli ang kanyang kalungkutan, siya ay labis na umiyak, at humiwalay sa kainan. Hindi magawa ng kanyang asawa na siya ay aliwin. "Bakit ka umiiyak? at bakit hindi ka kumakain? at bakit nagdadalamhati ang iyong puso?" wika niya, "hindi ba ako mabuti sa iyo kaysa sampung anak?"

Si Ana ay hindi bumigkas ng paninisi. Ang pasanin na hindi niya maibahagi sa sinumang kaibigan sa lupa, ay kanyang inilagak sa Panginoon. Taimtim siyang nakiusap na alisin ang kanyang kahihiyan, at pagkalooban siya ng isang mahalagang kaloob na isang anak na lalaki, upang kanyang palakihin at sanayin para sa Kanya. At siya ay nangako ng isang banal na pangako na kung ang kanyang kahilingan ay tutugunin kanyang itatalaga ang bata sa Dios, mula pa man sa kanyang pagsilang. Si Ana ay napalapit sa may pinto ng tabernakulo, at sa kapighatian ng kanyang espiritu, "siya'y nanalangin,...at tumangis na mainam." Gano'n pa man siya ay tahimik na nakipag-ugnay sa Dios na walang ipinadinig na ingay. Noong mga panahong iyon na masasama, ang ganoong tagpo ng pagsamba ay bihirang nasasaksihan. Walang kabanalang pagkakainan, at maging pagkalasing, ay karaniwan lamang, maging sa mga banal na piging at si Eli na punong saserdote, ng mapansin si Ana, ay nag-akala na siya ay nadaig ng alak. Sa pag- akalang siya ay magbibigay ng isang marapat na panunumbat, mahigpit niyang sinabi, "Hanggang kailan magiging lasing ka? ihiwalay mo ang iyong alak sa iyo."

Nasaktan at nagulat, si Ana ay malumanay na sumagot, "Hindi, panginoon ko, ako'y isang babae na may diwang mapanglaw: hindi

ako nakainom ng alak o inuming nakakalasing, kundi aking inihayag ang aking kaluluwa sa harap ng Panginoon. Huwag mong ibilang na babaing hamak ang iyong lingkod: sapagkat sa kasaganaan ng aking pagkaduwahagi ay nagsalita ako hanggang ngayon.” [674]

Ang punong saserdote ay lubhang nakilos, sapagkat siya’y isang lalaki ng Dios; at sa halip na sumbat siya ay bumigkas ng isang basbas: “Yumaon kang payapa: at ipagkaloob nawa sa iyo ng Dios ng Israel ang iyong hiling na hiningi mo sa kanya.”

Ang dalangin ni Ana ay tinugon; siya ay tumanggap ng isang kaloob na taimtim niyang hiniling. Samantalang minamasdan niya ang sanggol ay tinawag niya siyang Samuel—“hiniling sa Dios.” Nang ang bata ay nagiging sapat na ang gulang upang maari nang ihiwalay sa ina, kanyang tinupad ang kanyang pangako. Minahal niya ang bata na may buong pagtatalaga ng puso ng isang ina; araw-araw samantalang pinagmamasdan niya ang lumalago niyang mga kakayanan, at pinapakinggan ang kanyang pangsanggol na pagsasalita, ang kanyang pag-ibig sa kanya ay higit pang tumibay. Siya ang kanyang kaisa-isang anak, ang natatanging loob ng langit, subalit tinanggap niya siya bilang isang kayamanang nakatalaga sa Dios, at hindi niya ipagkakait sa Tagapagbigay ang sariling kanya.

Si Ana ay muling naglakbay kasama ng kanyang asawa tungo sa Silo, at ipinagkaloob sa saserdote, sa ngalan ng Dios, ang kanyang minamahal na kaloob, na sinasabi, “Dahil sa batang ito ako nanalangin; at ipinagkaloob sa akin ng Panginoon ang aking hiling na aking hiningi sa kanya: Kaya’t aking ipinagkaloob ko siya sa Panginoon.” Si Eli ay lubhang nakilos ng pananampalataya at pagtatalaga ng babaeng ito ng Israel. Siya na isang mapagpalayaw na ama, siya ay namangha at nanliit, samantalang minamasdan niya ang dakilang sakripisyo ng inang ito, sa paghiwalay sa kanyang kaisa-isang anak, upang kanyang maitalaga siya sa paglilingkod sa Dios. Para siyang nasumbatan sa sarili niyang makasariling pag-ibig, at sa pagpapakumbaba at paggalang siya ay yumuko sa harap ng Panginoon at sumamba.

Ang puso ng ina ay puspos ng kagalakan at papuri, at ninais niyang ibuhos ang kanyang pasasalamat sa Dios. Ang Espiritu ng inspirasyon ay sumapi sa kanya; “At si Ana ay nanalangin at nagsabi”:

"Nagagalak ang aking puso sa Panginoon;
ang aking sungay ay pinalaki ng Panginoon;
Binigyan ako ng bibig sa aking mga kaaway;
Sapagkat ako'y nagagalak sa iyong pagliligtas.
[675] Walang banal na gaya ng Panginoon;
Sapagkat walang iba liban sa iyo,
Ni may bato mang gaya ng aming Dios.
Huwag na kayong magsalita ng totoong kapalaluan;
Huwag mabuka ang kahambugan sa inyong bibig;
Sapagkat ang Panginoon ay Dios ng kaalaman,
At sa pamamagitan niya'y sinusukat ang mga kilos....
Ang Panginoo'y pumapatay, at bumubuhay:
Siya ang nagbababa sa Sheol, at nagsasampa.
Ang Panginoo'y nagpapadukha at nagpapayaman:
Siya ay nagpapababa at siya rin naman ang nagpapataas.
Kanyang ibinabangon ang dukha mula sa alabok,
Kanyang itinataas ang mapagkailangan mula sa dumihan,
Upang sila'y palukluking kasama ng mga prinsipe,
At magmana ng luklukan ng kaluwalhatian:
Sapagkat ang mga haligi ng lupa ay sa Panginoon,
At kanyang ipinatong ang sanglibutan sa kanila.
Kanyang iingatan ang mga paa ng Kanyang mga banal;
Subalit ang masama ay patatahimikin sa mga kadiliman;
Sapagkat sa pamamagitan ng kalakasan ay walang lalaking mananaig.
Yaong makipagkaalit sa Panginoon ay malalansag;
Laban sa kanila'y kukulog Siya mula sa Langit:
Ang Panginoon ang huhukom sa mga wakas ng lupa;
At bibigyan niya ng kalakasan ang Kanyang hari,
At palalakihin ang sungay ng Kanyang pinahiran ng langis."

Ang mga salita ni Ana ay mga hula, kapwa tungkol kay David, na maghahari sa Israel, at sa Mesias na pinahiran ng Panginoon. Tinukoy muna ang pagmamalaki ng isang walang galang at palaaway na babae, ang awit ay tumutukoy sa pagkapahamak ng mga kaaway ng Dios, at ang huling pagtatagumpay ng kanyang bayang tinubos.

Mula sa Silo, si Ana ay matahimik na umuwi sa kanyang tahanan sa Rama, iniwan ang kanyang anak na si Samuel upang masanay

sa paglilingkod sa bahay ng Panginoon, sa ilalim ng pagtuturo ng punong saserdote. Mula sa pinakamaagang pagbangon ng kaalaman kanyang tinuruan ang kanyang anak upang umibig at gumalang sa Dios, at upang ituring ang kanyang sarili na sa Panginoon. Sa pamamagitan ng bawat pangkaraniwang mga bagay na nakapalibot sa bata, sinikap niyang akayin ang kanyang isip tungo sa Manlalalang. Nang mawalay na sa kanyang anak, ang dalangin ng tapat na ina ay hindi tumigil. Araw araw ang kanyang anak ang tinutukoy ng kanyang mga dalangin. Taun-taon siya ay gumagawa, sa pamamagitan ng sarili niyang mga kamay, ng isang kasuutan ng paglilingkod para sa kanya; at samantalang siya ay pumapanhik [676]
kasama ng kanyang asawa upang sumamba sa Silo, ibinibigay niya iyon sa bata bilang tanda ng kanyang pag-ibig sa kanya. Ang bawat himaymay ng kasuutan ay nilala na may dalangin na siya'y maging dalisay, marangal, at tapat. Hindi siya humiling para sa kanyang anak ng makamundong kadakilaan, subalit taimtim siyang humiling na ang bata ay magkaroon ng kadakilaang pinahahalagahan ng langit—upang kanyang maparangalan ang Dios, at mapagpala ang kanyang kapwa.

Anong pagpapala ang kay Ana! at anong pagpapasigla sa katapatan ang kanyang halimbawa! Mayroong mga pagkakataon na ang halaga'y hindi masusukat, mga hilig na ang halaga'y pangwalang hanggan, na ipinagkatiwala sa bawat ina. Ang iba't ibang maliliit na gawain na itinuturing ng mga babae na nakapanghihinawa, ay kinakailangang makitang isang dakila at marangal na gawain. Karapatan ng ina ang mapagpala ng sanlibutan sa pamamagitan ng kanyang impluwensya, at sa paggawa niya nito siya ay maghahatid ng kaligayahan sa sarili niyang puso. Maaari siyang gumawa ng matuwid na mga landas para sa kanyang mga anak, umaraw man o kumulimlim, tungo sa maluwal- hating mga kataasan. Subalit kapag sinikap lamang niya sa sarili niyang buhay na sumunod sa mga aral ni Kristo, ang inang iyon ay makaaasang makakalikha sa kanyang mga anak ng likas na ayon sa banal na huwaran. Ang mundo ay punumpuno ng nakasisirang mga impluwensya. Ang mga kaugalian ay may malakas na kapangyarihan sa mga kabataan. Kung makaligtaan ng ina ang kanyang tungkulin na pagtuturo, pagpatnubay, at pagsaway, likas na tatanggapin ng kanyang mga anak ang masama, at pipihit mula sa mabuti. Mangyaring ang bawat ina ay lumapit ng

malimit sa kanyang Tagapagligtas na may dalangin, "Turuan ninyo kami kung paanong aming ipagagawa sa bata, at ano ang dapat naming gawin sa kanya?" Mangyaring pakinggan niya ang tagubiling ipinagkaloob ng Dios sa kanyang salita, at ang karunungan ay ipagkakaloob sa kanya tuwing iyon ay kailanganin.

"Ang batang si Samuel ay lumalaki, at kinalulugdan ng Panginoon at ng mga tao rin naman." Bagaman ang kabataan ni Samuel ay ginugol sa tabernakulo na nakatalaga sa pagsamba sa Dios, siya ay hindi malaya sa masasamang mga impluwensya o makasalanang mga halimbawa. Ang mga anak ni Eli ay walang pagkatakot sa Dios, ni hindi gumagalang sa kanilang ama; subalit hindi ni Samuel hi-
[677] nanap ang kanilang pakikisama, ni sumunod sa kanilang masamang mga gawain. Patuloy niyang pinagsisikapan ang nais ng Dios para sa kanya. Ito ang karapatan ng bawat kabataan. Ang Dios ay nalulugod kapag ibinibigay ng maliliit na mga bata ang kanilang sarili sa paglilingkod sa Kanya.

Si Samuel ay inilagay sa ilalim ng pangangalaga ni Eli, at ang pagiging kaibig-ibig ng kanyang likas ay umakit sa mainit na pagmamahal ng matandang saserdote. Siya ay mabait, mapagbigay, masunurin, at magalang. Si Eli, na nasasaktan sa kalikuan ng sarili niyang mga anak, ay nakasumpong ng kapahingahan at aliw at pagpapala sa presensya ng inaalagaan niya. Si Samuel ay matulungin at mapagmahal, at walang ama ang umibig sa kanyang anak ng higit sa pag-ibig ni Eli sa kabataang ito. Isang natatanging bagay na sa pagitan ng namumuno sa bansa at sa simpleng bata ay magkaroon ng mainit na pagmamahalan. Kapag ang mga sakit ng katandaan ay sumasapit kay Eli, at siya ay napupuno ng kalungkutan at pagsisisi sa hindi magandang gawain ng sarili niyang mga anak, siya ay humaharap kay Samuel upang maaliw.

Hindi kaugalian ng mga Levita ang pumasok sa kanilang natatanging mga paglilingkod hanggang sa sila ay dalawampu't limang taon na ang edad, subalit si Samuel ay hindi kabilang sa patakarang ito. Taun-taon ay nagkakaroon ng higit na mahahalagang gawain na ipinagkakatiwala sa kanya; at bata pa man siya, isang linong epod ang inilagay sa kanya bilang tanda ng kanyang pagtatalaga sa gawain sa santuwaryo. Bata pa man siya nang siya ay dalhin upang maglingkod sa tabernakulo si Samuel ay nagkaroon na ng mga tungkuling gina- gampanan sa paglilingkod sa Dios

ayon sa kanyang makakayanan. Sa Simula ang mga iyon ay maliliit lamang, at hindi palaging magandang gawin; subalit ang mga iyon ay isinasagawa niya sa abot ng kanyang makakaya. Ang kanyang mga pagsisikap ay tinanggap, sapagkat ang mga iyon ay kinilos ng pag-ibig sa Dios at ng isang taimtim na pagnanasang maganap ang Kanyang kalooban. Sa gano'ng paraan si Samuel ay naging isang kamanggagawa ng Panginoon ng langit at ng lupa. At siya ay inihanda ng Dios upang gumanap sa isang dakilang gawain para sa Israel.

Kung ang mga bata ay matuturuan upang ituring ang bawat maliliit na gawain araw-araw na siyang landas na inihanda ng Panginoon para sa kanila, na tulad sa isang paaralan kung saan sila ay sinasanay upang maging tapat at mahusay sa paglilingkod, higit na [678]
magiging kalugod-lugod at marangal ang kanilang ginagawa. Ang pagsasagawa ng bawat tungkulin na tila ukol sa Panginoon, ay nagbibigay ng pang-akit sa paligid ng isang pinakamaliit na gawain, at iniuugnay ang mga manggagawa sa lupa doon sa mga banal na mga anghel na tumutupad sa kalooban ng Dios sa langit.

Ang tagumpay sa buhay na ito, at tagumpay sa pagkakaroon ng buhay sa hinaharap, ay nakasalalay sa isang matapat, maingat na pagharap sa maliliit na mga bagay. Ang kasakdalan ay nakikita sa pinakamaliit, gano'n din sa pinakadakila, sa mga gawa ng Dios. Ang kamay na nagsabit ng daigdig sa sanlibutan ang siya ring kamay na gumawa ng may kahusayan sa mga liryo sa parang. At kung paanong ang Dios ay sakdal sa Kanyang kinaroroonan, gano'n din naman tayo ay kinakailangang maging sakdal sa atin. Ang balanseng anyo ng isang malakas, at magandang pagkatao ay binubuo ng bawat pagganap sa tungkulin. At ang pagiging tapat ay kinakailangang makita sa pinakamaliit sa ating buhay gano'n din naman sa pinakamalaking detalye nito. Ang pagiging tapat sa maliliit na gawa ng kabaitan, ay makapagpapasaya sa landas ng buhay; at kapag ang ating gawain sa sanlibutan ay natapos, masusumpungan na ang bawat maliliit na tungkuling matapat na isinagawa ay nakapagbigay ng impluwensya para sa mabuti—isang impluwensyang hindi kailan man mapaparam.

Ang mga kabataan sa ating kapanahunan ay maaari ding maging kasing halaga sa paningin ng Dios tulad ni Samuel. Sa pamamagitan ng pagpapanatili sa kanilang katapatan bilang mga Kristiano, sila

ay maaaring magkaroon ng malakas na impluwensya sa gawain ng pagrereporma. Ang mga gano'ng lalaki ay kailangan sa panahong ito. Ang Dios ay may gawain para sa bawat isa sa kanila. Hindi pa kailan man nagkaroon ang tao ng higit na dakilang magagawa para sa Dios at sa sangkatauhan kaysa magagawa sa ating kapanahunan ngayon noong magiging mga tapat sa ipinagkatiwala sa kanila ng
[679] Dios.

## Kabanata 56—Si Eli at ang Kanyang mga Anak

Ang kabanatang ito ay batay sa 1 Samuel 2:12-36.

Si Eli ay saserdote at hukom sa Israel. Hawak niya ang pinakamataas at pinaka responsableng tungkulin sa bayan ng Dios. Bilang isang lalaki na pinili ng Dios para sa mga banal na gawain ng pagkasaserdote, at inilagay sa buong lupain bilang may pinakamataas na kapang- yarihang humatol, siya ay tinitingnan bilang isang halimbawa, at siya ay umuukit ng isang malaking impluwensya sa mga lipi ng Israel. Subalit bagaman siya ay itinalaga upang mamuno sa bayan, hindi niya pinamunuan ang sarili niyang sambahayan. Si Eli ay isang mapagpalayaw na ama. Iniibig ang kapayapaan at kaginhawahan, hindi niya ginamit ang kanyang kapangyarihan upang supilin ang masasamang gawain at hilig ng kanyang mga anak. Sa halip na makipagtalo sa kanila o parusahan sila, siya ay sumang-ayon sa kanilang kalooban, at ibinigay sa kanila ang kanilang nais. Sa halip na ituring ang edukasyon ng kanyang mga anak bilang isa sa pinakamahalaga niyang tungkulin, hindi niya lubos na pinahalagahan ang bagay na iyon. Ang saserdote at hukom ay wala sa kadiliman tungkol sa tungkulin ng pagsupil at pamumuno sa mga anak na ipinagkaloob sa kanila ng Dios upang alagaan. Subalit si Eli ay umurong sa tungkuling ito, sapagkat kinasasangkutan ng pagsalungat sa kalooban ng kanyang mga anak, at mangangailangang parusahan sila o tanggihan sila. Sa hindi pagtimbang sa kilabot na ibubunga ng kanyang ginagawa, pinalayaw niya ang kanyang mga anak sa anumang kanilang naisin, at pinabayaan ang gawain na sila'y mahanda sa paglilingkod sa Dios at sa mga tungkulin ng buhay.

Ang Dios ay nagsabi na ukol kay Abraham, "siya'y Aking kinilala, upang siya'y mag-utos sa kanyang mga anak at sa kanyang sangbahayan pagkamatay niya, na maingatan nila ang daan ng Panginoon, na gumawa ng kabanalan, at kahatulan." Genesis 18:19. Subalit pinahintulutan ni Eli na ang kanyang mga anak ang mag- utos

sa kanya. Ang ama ang naging tagasunod ng mga anak. Ang sumpa
[680] ng pagsalangsang ay nahayag sa pagkasira at kasamaang tumatak sa landas ng kanyang mga anak. Wala silang tamang pagpapahalaga sa likas ng Dios o sa kabanalan ng Kanyang kautusan. Ang paglilingkod sa Kanya para sa kanila ay naging isang pangkaraniwang bagay. Mula sa pagkabata sila ay nasanay sa santuwaryo at sa mga serbisyo noon; subalit sa halip na maging higit na magalang, nawalan sila ng pagkadama sa kabanalan at kahalagahan noon. Hindi iwinasto ng ama ang pangangailangang magkaroon ng paggalang sa kanyang kapangyarihan, hindi naitama ang kanilang hindi paggalang sa solemneng serbisyo sa santuwaryo; at nang sila ay magsilaki sila ay puno ng nakamamatay na mga bunga ng pag-aalinlangan at panghi- himagsik.

Bagaman lubhang hindi karapat-dapat para sa tungkulin, sila ay inilagay bilang mga saserdote sa santuwaryo upang maglingkod sa harap ng Dios. Ang Panginoon ay nagbigay ng pinakamalinaw na mga tagubilin tungkol sa pag-aalay ng mga hain; subalit dinala ng mga masasamang lalaking ito ang hindi pagkilala sa awtoridad sa paglilingkod sa Dios, at hindi pinag-ukulan ng pansin ang batas tungkol sa mga hain, na ginawa sa pinaka solemneng paraan. Ang mga hain, na tumutukoy sa hinaharap na pagkamatay ni Kristo, ay inihanda upang maingatan sa puso ng mga tao ang pananampalataya sa Tagapagtubos na darating; kaya't mahalagang mahalaga na ang mga ipinag-utos ng Panginoon tungkol sa mga iyon ay mahigpit na masunod. Ang mga handog tungkol sa kapayapaan ay mga natatanging pagpapahayag ng pasalamat sa Dios. Sa mga handog na ito ang taba lamang ang sinusunog sa dambana; isang bahaging itinakda ay inilalaan para sa mga saserdote at ang higit na malaking bahagi ay ibinabalik sa naghandog, upang makain niya at ng kanyang mga kaibigan sa isang piging ng paghahain. Sa gano'ng paraan ang lahat ng mga puso ay maaakay, sa pagpapasalamat at pananampalataya, sa dakilang Hain na mag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.

Ang mga anak ni Eli, sa halip na mabatid ang kabanalan ng makahulugang serbisyong ito, ay nag-isip lamang ng kung paanong ito ay magagamit nilang isang paraan ng pagpapalayaw sa sarili. Hindi nasisiyahan sa bahagi ng handog ukol sa kapayapaan ng nakatalaga sa kanila, sila ay humingi ng karagdagang bahagi; at ang malalaking bilang ng mga haing ito na iniaalay sa mga kapistahan

taun-taon ay naging isang pagkakataon upang ang mga saserdote ay magpayaman sa kanilang sarili sa kapinsalaan ng mga tao. Hindi [681] lamang sila humiling ng higit sa marapat para sa kanila, tumanggi pa silang maghintay hanggang ang taba ay nasunog bilang isang handog sa Dios. Ipinagpipilitan nilang mapasa kanila ang bahagi na kanilang naisin, at kung pagkakaitan, ay nagbabantang kukunin iyon sa pamamagitan ng dahas.

Ang kawalan ng galang na ito sa bahagi ng mga saserdote ay madaling nakaalis ng kabanalan at solemneng kahulugan ng serbisyo, at "niwalan ng kabuluhan ng mga tao ang handog sa Panginoon." Ang dakilang hain sa hinaharap na inilalarawan noon ay hindi na kinikilala. "At ang kasalanan ng mga binatang yaon ay totoong malaki sa harap ng Panginoon."

Ang mga saserdoteng ito na hindi tapat ay sumalangsang din sa kautusan ng Dios at hindi iginalang ang kanilang banal na tungkulin sa pamamagitan ng kanilang marumi at nakabababang mga gawain; gano'n pa man nagpatuloy silang parumihin ang tabernakulo ng Dios sa pamamagitan ng kanilang presensya. Ang marami sa mga tao, dahil sa galit sa masamang gawain nila Ophni at Phinees, ay tumigil na sa pagpanhik sa itinalagang dako ng pagsamba. Kaya't ang serbisyong itinalaga ng Dios ay kinamuhian at pinabayaan sapagkat napaugnay sa mga kasalanan ng masasamang mga lalaki, samantalang yaong ang mga puso ay nakahilig sa kasamaan ay napatapang sa pagkakasala. Kawalan ng pagkilala sa Dios, malaking kasamaan, at maging ang pagsamba sa diyus-diyusan ay nanaig hanggang sa isang kakilalalabot na paglaganap.

Si Eli ay lubhang nagkamali sa pagpapahintulot sa kanyang mga anak upang maglingkod sa banal na tungkulin. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng dahilan sa kanilang ginagawa, sa isa at iba pang mapagbabatayan, siya ay naging bulag sa kanilang mga kasalanan; subalit sa wakas sila ay nakarating sa isang hangganan sa hindi na niya matatakpan ang kanyang mga mata mula sa kasamaan ng kanyang mga anak. Ang mga tao ay tumutol sa kanilang masasamang gawain, at ang punong saserdote ay nalungkot at nabagabag. Hindi na niya magawa pang manahimik. Subalit ang kanyang mga anak ay pinalaki na walang ibang iniisip kundi ang kanilang sarili, at ngayon ay wala silang pakialam sa kanino pa man. Nakita nila ang kalungkutan ng kanilang ama, subalit ang kanilang mga puso ay hindi nakilos. Nar-

inig nila ang kanyang mahinahong mga babala, subalit iyon ay wala ng bisa para sa kanila, ni hindi nagpabago sa kanilang masamang
[682] gawain, bagaman sila ay binabalaan tungkol sa mga ibubunga ng kanilang kasalanan. Kung naging matuwid ang pakikitungo ni Eli sa kanyang mga anak, kanya sana silang inalis mula sa pagkasaserdote, at pinarusahan sila ng kamatayan. Sa takot sa paghahatid ng gano'ng kahihiyang pangmadla at paghatol sa kanila, ay pinanatili niya sila sa mga pinakabanal na gawaing ipinagkakatiwala. Pinahintulutan pa rin niya silang maipagpatuloy ang kanilang kasamaan sa banal na paglilingkod sa Dios, at makaapekto sa gawain ng katotohanan na ang sugat noon ay hindi maaalis ng mga taon. Subalit nang pinabayaan ng hukom ng Israel ang kanyang gawain, inilagay ng Dios ang bagay na iyon sa kanyang kamay.

"At naparoon ang isang lalaki ng Dios kay Eli, at sinabi sa kanya, Ganito ang sabi ng Panginoon, Napakita ba ako ng hayag sa sambahayan ng iyong ama, nang sila'y nasa Ehipto sa pagkaalipin sa sambahayan ni Paraon? At pinili ko ba siya sa lahat ng mga lipi ng Israel upang maging saserdote Ko, upang maghandog sa Aking dambana, upang magsunog ng kamangyan, at upang magsuot ng epod sa harap Ko? at ibinigay Ko ba sa sangbahayan ng iyong ama ang lahat ng mga handog ng mga anak ng Israel na pinaraan sa apoy? Bakit nga kayo'y tumututol sa Aking hain at sa Aking handog, na Aking iniutos sa Aking tahanan, at iyong pinararangalan ang iyong mga anak ng higit kaysa Akin, upang magpakataba sa mga pina- kamainam sa lahat'ng mga handog ng Israel sa Aking bayan? Kaya't sinabi ng Panginoong Dios ng Israel, Aking sinabi nga na ang iyong sangbahayan, at ang sangbahayan ng iyong ama, ay lalakad sa harap Ko magpakailan man: ngunit sinasabi ngayon ng Panginoon, Malayo sa Akin; sapagkat yaong mga nagpaparangal sa Akin ay Aking pararangalin, at yaong mga humahamak sa akin ay mawawalan ng kabuluhan.... At Ako'y magbabangon para sa Akin ng isang tapat na saserdote, na gagawa ng ayon sa nasa Aking puso at nasa Aking pag- iisip: at ipagtatayo Ko siya ng panatag na sangbahayan; at siya'y lalakad sa harap ng Aking pinahiran ng langis, magpakailan man."

Hinatulan ng Dios si Eli na nagparangal sa kanyang mga anak ng higit sa Panginoon. Pinahintulutan ni Eli na ang handog na itinalaga ng Dios, bilang isang pagpapala sa Israel, ay mawalan ng

kabuluhan, sa halip na dalhin ang kanyang mga anak sa kahihiyan dahil sa hindi matuwid at kasuklam suklam na mga gawain. Yaong mga sumusunod sa sarili nilang mga hilig, sa bulag na pag-ibig sa kanilang mga anak, nagbibigay layaw sa kanila sa pagpapasya [683] sa kanilang makasariling mga pagnanasa, at hindi inihahatid ang awtoridad ng Dios upang sumbatan ang kasalanan at ituwid ang kasamaan, ay nagpapahayag na kanilang pinarangalan ang kanilang mga anak ng higit sa pagpaparangal nila sa Dios. Higit na ninanasa nilang mapagtakpan ang kanilang karangalan kaysa maluwalhati ang Dios; higit na nagnanais mapaluguran ang kanilang mga anak kaysa mapaluguran ang Dios at maingatan ang paglilingkod sa kanya mula sa lahat ng anyo ng kasamaan.

Pinanagot ng Dios si Eli, bilang saserdote at hukom ng Israel, sa kalagayang pang moralidad at pang relihiyon ng kanyang bayan, at sa isang natatanging paraan para sa pagkatao ng kanyang mga anak. Sinubukan sana muna niyang pigilin ang kasamaan sa pamamagitan ng malumanay na mga paraan; subalit kung ang mga ito ay walang bisa, pinigil sana niya ang kasamaan sa pamamagitan ng pinaka- mahigpit na paraan. Ang Panginoon ay hindi nagkaroon ng kaluguran sa kanya dahil sa hindi pagsumbat sa kasalanan at hindi pagpaparusa sa nagkasala. Hindi siya maaaring pagkatiwalaan na panatilihing dalisay ang Israel sila na walang gaanong lakas ng loob upang sumbatan ang kasamaan, o dahil sa katamaran o kakulangan ng hilig ay hindi nagkakaroon ng taimtim na pagsisikap upang mapadalisay ang sambahayan o ang iglesya ng Dios, ay pananagutin sa kasama ang ibubunga ng kanilang pagpapabaya sa tungkulin. Tayo ay mananagot sa kasamaan na sana'y ating nasupil sa iba sa pamamagitan ng paggamit natin sa ating awtoridad bilang mga magulang o mga pastor, na tila ang mga kasamaang iyon ay ating ginawa.

Hindi pinangasiwaan ni Eli ang kanyang sambahayan ayon sa mga ipinag-utos ng Dios tungkol sa pamamahala sa sambahayan. Sinunod niya ang sarili niyang pagpapasya. Hindi pinansin ng nagmamahal na ama ang mga pagkakamali at mga kasalanan ng kanyang mga anak nang sila ay mga bata pa, nililinlang ang kanyang sarili na paglipas ng panahon ay mababago rin ang kanilang pagkahilig sa masama. Marami ngayon ang nakagagawa ng gano'n ding pagkakamali. Iniisip nila na sila ay may alam na higit na mabuting paraan ng pagpapalaki sa kanilang mga anak kaysa sa ibinigay ng Dios

sa kanyang salita. Itinatanyag nila ang mga maling hilig na nasa kanila, na idinadahilan ang, "sila ay napaka bata pa upang maparusahan. Hintay muna hanggang sa sila'y tumanda ng kaunti, at maaari
[684] nang pagpaliwanagan." Sa gano'ng paraan ang mga maling ugali ay napananatili upang tumibay hanggang sa ang mga iyon ay bahagi na halos ng kanilang likas. Ang mga bata ay lumalaki na hindi naba- bawalan, may mga likas ng pagkatao na panghabang buhay na magiging sumpa sa kanila, at maaaring makahawa pa sa iba.

Wala nang hihigit pang malaking sumpa sa isang sambahayan kaysa pagpapahintulot sa mga bata upang sundin ang sarili nilang kagustuhan. Kapag pinansin ng mga magulang ang bawat naisin ng kanilang mga anak at binigyang layaw sila sa alam nilang hindi makabubuti sa kanila, di magtatagal ang bata ay nawawala nang lahat ng galang sa kanilang mga magulang, at lahat ng pagpapahalaga sa awtoridad ng Dios at ng tao, at nagiging alipin ng kalooban ni Satanas. Ang impluwensya ng isang sambahayan na hindi mahusay na napapangasiwaan ay laganap, at nakasisira sa buong lipunan. Ito ay nabubuo ng isang alon ng kasamaan na nakasisira sa mga sambahayan, mga komyunidad, at mga pamahalaan.

Dahil sa posisyon ni Eli, ang kanyang impluwensya ay higit na laganap kaysa kung siya'y isang karaniwang lalaki lamang. Ang kanyang paraan ng pamumuhay sa sambahayan ay tinularan sa buong Israel. Ang nakasasamang mga bunga ng kanyang mapagpabaya, at mga paraang maibigin sa kaginhawahan ay nakita sa libu-libong mga tahanan na nahubog sa pamamagitan ng kanyang halimbawa. Kung ang mga bata ay bibigyang layaw sa masasamang gawain, samantalang ang mga magulang ay nag-aangking nagsasakabuhayan ng relihiyon, ang katotohanan ng Dios ay nadadala sa kahihiyan. Ang pinaka- mabuting subukan ng pagiging Kristiano ng isang tahanan ay ang uri ng likas na ibinubunga ng impluwensya noon. Ang mga kilos ay higit na mabisang saksi kaysa pinaka positibong pag-aangkin ng kabanalan. Kung ang mga nag-aangking may relihiyon, sa halip na magkaroon ng pagsisikap na taimtim, matiyaga, at totoong maingat sa pagsisikap upang magkaroon ng mahusay na napapangasiwaang sambahayan bilang isang patotoo sa kabutihan ng pananampalataya sa Dios, ay pabaya sa kanilang pamamahala, at mapagpalayaw sa mga masasamang kagustuhan ng kanilang mga anak, ginagawa nila ang tulad sa ginawa ni Eli, at

sila'y naghahatid ng kahihiyan sa gawain ni Kristo, at kapahamakan sa kanilang mga sarili at sa kanilang mga sambahayan. Subalit gaano man kalaki ang kasamaan ng pagiging hindi tapat na mga magulang sa ilalim ng anumang kalagayan, ang mga yaon ay sampung ulit na [685] higit ang kalakihan kung iyon ay nagaganap sa mga sambahayan na mga itinalaga bilang mga tagapagturo sa mga tao. Kung ang mga ito ay hindi makapangasiwa sa kanilang mga sambahayan, sila, sa pamamagitan ng kanilang halimbawa, ay nagliligaw sa marami. Ang kanilang kasalanan ay higit kaysa iba sapagkat ang kanilang tungkulin ay may higit na pananagutan.

Nagkaroon ng pangako na ang sambahayan ni Aaron ay lalakad sa harap ng Dios magpakailan man; subalit ang pangakong ito ay naka- salalay sa kondisyon na kanilang itatalaga ang kanilang sarili sa gawain ng santuwaryo na may katapatan ng puso, at pararangalan ang Dios sa lahat ng kanilang mga gawa, hindi paglilingkuran ang sarili, ni hindi susunod sa sarili nilang masamang hilig. Si Eli at ang kanyang mga anak ay sinubok, at nasumpungan ng Panginoon na sila ay lubhang hindi karapat-dapat sa mataas na tungkulin ng mga saserdote sa paglilingkod sa Kanya. At ipinag-utos ng Panginoon, "Malayo sa Akin." Hindi niya maaaring tuparin ang mabuting pinanukala Niya para sa kanila, sapagkat hindi nila natupad ang kanilang bahagi.

Ang halimbawa noong mga naglilingkod sa mga banal na bagay ay kinakailangang makaimpluwensya sa mga tao sa paggalang sa Dios, at may pagkatakot na magkamali sa Kanya. Kapag ang mga lalaking tumatayo "sa pangalan ni Kristo" (2 Corinto 5:20), upang sabihin sa mga tao ang pabalita ng Dios tungkol sa kaawaan at pakikipagkasundo ay gumamit sa banal na pagkakatawag sa kanila bilang isang balabal para sa makasarili o mahalay na kasiyahan, ginagawa nila ang kanilang mga sarili na pinakamabisang mga kasangkapan ni Satanas. Tulad ni Ophni at Phinees, sila ang naging sanhi upang gawing "walang kabuluhan ng mga tao ang handog sa Panginoon." Maaaring naipagpapatuloy nila ang kanilang masamang gawain na lihim sa ilang panahon; subalit kapag sa huli ang kanilang tunay na likas ay mahayag, ang pananampalataya ng mga tao ay mayayanig at malimit humahantong sa pagkasira ng kanilang pagtitiwala sa relihiyon. Sa isipan ay nagkakaroon ng hindi pagtitiwala sa lahat ng nag-aangking nagtuturo ng salita ng Dios.

Ang pabalita ng tunay na lingkod ng Dios ay tinatanggap na may pag-aalinlangan. Ang tanong ay palaging babangon, "Hindi kaya maging tulad rin ang lalaking ito sa lalaking aming inisip na napakabanal, at nasumpungang makasalanan?" Sa gano'ng paraan ang salita ng Dios ay nawawalan ng kapangyarihan sa mga kaluluwa ng [686] mga tao.

Sa panunumbat ni Eli sa kanyang mga anak ay may mga salitang solemne at nakapanghihilakbot ang kahalagahan—mga salita na maka- bubuting pag-isipan ng lahat ng naglilingkod sa mga banal na bagay: "Kung ang isang tao ay magkasala laban sa iba, siya ay hahatulan ng hukom; ngunit kung ang isang tao ay magkasala laban sa Panginoon, sino ang mamamagitan sa kanya?" Kung ang kanilang kasalanan ay nakasakit lamang sa kanilang kapwa, maaaring gumawa ng pakiki- pagkasundo ang hukom sa pamamagitan ng pagtatakda ng isang kaparusahan, at ipag-utos ang pagsasauli; at sa gano'ng paraan ang nagkasala ay maaaring mapatawad. O kung sila naman ay nagkasala ng kapangahasan, ang handog ukol sa kasalanan ay maaaring ipag- kaloob para sa kanila. Subalit ang kanilang kasalanan ay lubhang nakakapit sa kanilang paglilingkod bilang mga saserdote ng kataas- taasan, sa paghahandog ng sakripisyo ukol sa kasalanan, ang gawain ng Dios ay lubhang nalapastangan at hindi naigalang sa harap ng mga tao, na wala nang kabayaran pa ang maaaring tanggapin para sa kanila. Ang sarili nilang ama, bagaman isang punong saserdote, ay hindi nangahas mamagitan para sa kanila; hindi niya maaaring pigilan para sa kanila ang galit ng isang Banal na Dios. Sa lahat ng mga makasalanan, ang pinakamakasalanan ay yaong naghahatid ng pag- alipusta sa paraang ipinagkaloob ng langit para sa ikaliligtas ng tao —na "kanilang ipinapakong muli sa ganang kanilang sarili ang Anak ng Dios, at inilalagay na muli Siya [687] sa hayag na kahihiyan." Hebreo 6:6.

# Kabanata 57—Ang Kaban ay Nakuha ng mga Filisteo

Ang kabanatang ito ay batay sa 1 Samuel 3 hanggang 7.

Isa pang babala ang ibibigay sa sambahayan ni Eli. Ang Dios ay hindi maaaring makipag-ugnayan sa punong saserdote at sa kanyang mga anak; ang kanilang mga kasalanan, tulad sa isang makapal na ulap, ay humahadlang sa pakikiharap ng Kanyang Banal na Espiritu. Subalit sa kalagitnaan ng kasamaan ang batang si Samuel ay nanatiling tapat sa Langit, ang mensahe tungkol sa parusa sa sambahayan ni Eli ay iniatas kay Samuel bilang isang propeta ng Kataas-taasan.

"Ang salita ng Panginoon ay mahalaga noong mga araw na yaon; walang hayag na pangitain. At nangyari nang panahon na yaon, nang si Eli ay mahiga sa kanyang dako, ang kanya ngang mata'y nagpasimulang lumabo, na siya'y hindi nakakita, at ang ilawan ng Dios ay hindi pa namamatay, at si Samuel ay nakahiga upang matulog, sa templo ng Panginoon na kinaroroonan ng kaban ng Dios; na tinawag ng Panginoon si Samuel." Inaakalang ang tinig ay kay Eli, ang bata ay nagmadaling nagtungo sa tabi ng higaan ng saserdote, na nagsasabi, "Narito ako; sapagkat tinawag mo ako." Ang sagot ay, "Hindi ako tumawag, mahiga ka uli." Tatlong ulit na tinawag si Samuel, at tatlong ulit siyang sumagot sa ganong paraan. At si Eli ay nakabatid na ang mahiwagang tumatawag ay ang tinig ng Dios. Nilampasan ng Panginoon ang Kanyang piniling lingkod, ang lalaking maputi na ang buhok, upang makipag-ugnay sa isang bata. Ito ay isang mapait ngunit nararapat na sumbat kay Eli at sa kanyang sambahayan.

Walang napukaw sa puso ni Eli na pagkadama ng inggit o paninibugho. Tinuruan niya si Samuel na tumugon, kung tatawaging muli, "Magsalita ka Panginoon; sapagkat dinirinig ng Iyong lingkod." Minsan pang narinig ang tinig, at ang bata ay tumugon, "Magsalita ka; sapagkat dinirinig ng Iyong lingkod." Gano'n na lamang ang kanyang pagkamangha sa kaisipan na ang dakilang Dios

ay magsasalita sa kanya, na hindi niya natandaan ang lahat ng mga
[688] salitang ipinasasabi sa kanya ni Eli.

"At sinabi ng Panginoon kay Samuel, Narito, gagawa Ako ng isang bagay sa Israel, na ang dalawang tainga ng bawat isa na nakikinig ay magpapanting. Sa araw na yaon ay Aking tutuparin kay Eli ang lahat na Aking sinalita tungkol sa kanyang sangbahayan, mula sa pasimula hanggang sa wakas. Sapagkat Aking isinaysay sa kanya na Aking huhukuman ang kanyang sambahayan magpakailan man, dahil sa kasamaan na kanyang nalalaman, sapagkat ang kanyang mga anak ay nagdala ng sumpa sa kanilang sarili, at hindi niya sinangsala sila. At kaya't Ako'y sumumpa sa sambahayan ni Eli, na ang kasamaan ng sangbahayan ni Eli ay hindi mapapawi ng hain, o handog man, magpakailan man."

Bago natanggap ang mensaheng ito mula sa Dios, "Hindi pa nga nakikilala ni Samuel ang Panginoon, o ang salita man ng Panginoon ay nahahayag pa sa kanya," ibig sabihin, hindi pa niya alam ang ganong tuwirang pagpapahayag ng pakikiharap ng Dios tulad ng ipinagkaloob sa mga propeta. Layunin ng Panginoong ipahayag ang Kanyang sarili sa gano'ng hindi inaasahang paraan, upang iyon ay marinig ni Eli sa pamamagitan ng pagtataka at pagtatanong ng bata.

Si Samuel ay napuno ng takot at pagkamangha sa pag-iisip sa pagkakaroon ng gano'ng kakila-kilabot na mensaheng ipinagkatiwala sa kanya. Kinaumagahan ay ginawa niya ang kanyang mga tungkulin na gaya rin ng dati, subalit mayroong mabigat na pasanin sa kanyang batang puso. Hindi ng Panginoon ipinag-utos sa kanya na ihayag ang kilabot na magaganap, kaya't siya ay nanatiling tahimik, umiiwas, hangga't maaari, sa presensya ni Eli. Siya'y kinakabahan baka siya'y tanungin at mapilitang ipahayag ang hatol ng Dios laban sa isa na kanyang minamahal at iginagalang. Si Eli ay nakatitiyak na ang men- sahe ay nagpapahayag ng malaking sakuna sa kanya at sa kanyang sambahayan. Tinawag niya si Samuel, at ipinag-utos sa kanyang isaysay ng tapat kung ano ang ipinahayag ng Panginoon. Ang bata'y sumunod, at ang matandang lalaki ay yumuko sa mapagpakumbabang pagpa- pasakop sa nakapanghihilakbot na hatol. "Panginoon nga," wika niya: "gawin Niya ang inaakala niyang mabuti."

Gano'n pa man si Eli ay hindi nagpahayag ng bunga ng tunay na pagsisisi. Kanyang ipinagtapat ang kanyang kasalanan, subalit hindi

niya tinalikuran ang kasalanan. Ang mga taon ay lumilipas at ipinagpaliban ng Panginoon ang bantang hatol. Marami sanang nagawa sa loob ng mga taong iyon upang matubos ang mga nakalipas na mga [689] pagkakamali, subalit ang matandang saserdote ay hindi nagsagawa ng mahusay na mga hakbang upang maituwid ang mga kasamaan na nagpaparumi sa santuwaryo ng Panginoon, at umaakay sa libulibong Israel tungo sa kapahamakan. Ang pagpipigil ng Dios ay naging sanhi upang patigasin ni Ophni at Phinees ang kanilang mga puso, at upang lalo pang maging matapang sa pagsalangsang. Ang mga babala at sumbat sa kanyang sambahayan ay ipinahayag ni Eli sa buong bayan. Sa pamamagitan nito ay umaasa siyang masasalungat, sa ilang paraan, ang masamang impluwensya ng kanyang nakalipas na pagpa- pabaya. Subalit ang babala ay hindi pinansin ng mga tao, tulad rin ng mga saserdote. Gano'n din ang mga tao sa nakapalibot na mga bayan, na nakakabatid sa mga kasamaang hayagang isinasagawa sa Israel, lalo pang tumapang sa kanilang pagsamba sa diyus-diyusan at labis na kasamaan. Wala silang nadamang pagkakasala sa kanilang mga kasalanan, na dapat sana ay kanilang nadama kung iniingatan lamang ng mga Israelita ang kanilang pagkamatapat. Subalit isang araw ng pagsusulit ay dumarating. Ang awtoridad ng Dios ay napasa isang tabi, at ang pagsamba sa Kanya ay kinaligtaan at kinamuhian, at kinailangang Siya ay mamagitan, upang ang karangalan ng Kanyang pangalan ay mapanatili.

"Ngayo'y lumabas ang Israel laban sa mga Filisteo upang makipagbaka, at humantong sa Ebenezer: at ang mga Filisteo ay humantong sa Aphec." Ang ekspidisyong ito ay isinagawa ng mga Israelita na walang payo mula sa Dios, walang pagsang-ayon ng punong saserdote o ng propeta. "At ang mga Filisteo ay humanay laban sa Israel; at kanilang pinatay sa hukbo sa parang, ay may apat na libong lalaki," Nang umuwi ang nagulo at nasiraan ng loob na puwersa sa kanilang kampamento, "ay sinabi ng mga matanda sa Israel, Bakit sinaktan tayo ngayon ng Panginoon sa harap ng mga Filisteo?" Ang bansa ay binog na para sa mga hatol ng Dios, gano'n pa man hindi nila nakikita na ang sarili nilang mga kasalanan ang sanhi ng malaking pagkatalong iyon. At kanilang sinabi, "Ating dalhin sa atin ang kaban ng Panginoon mula sa Silo, upang mapasa gitna natin yaon, at iligtas tayo sa kamay ng ating mga kaaway." Ang Panginoon ay hindi nag- bigay ng utos o ng pahintulot na ang kaban ay mapasa

hukbo; gano'n pa man ang mga Israelita ay nakadama ng katiyakan na sila ay magta- tagumpay, at nagsigawan ng malakas nang iyon ay
[690] dalhin ng mga anak ni Eli sa kampamento.

Ang mga Filisteo ay tumingin sa kaban bilang siyang diyos ng Israel. Lahat ng makapangyarihang mga gawa na ginawa ni Jehova ay ipinalagay na bunga ng kapangyarihan noon. Samantalang kanilang naririnig ang mga sigaw ng kagalakan sa pagdating noon, ay kanilang sinabi, "Ano ang kahulugan ng ingay nitong malakas na hiyaw sa kampamento ng mga Hebreo? At kanilang natalastas na ang kaban ng Panginoon ay ipinasok sa kampamento. At ang mga Filisteo ay nangatakot, sapagkat kanilang sinabi, Sa aba natin! sino ang magliligtas sa atin sa kamay ng makapangyarihang mga diyos na Ito? Ito ang mga Dios na nanakit sa mga taga Ehipto ng sari-saring salot sa ilang. Kayo'y magpakalakas at magpakalalaki, Oh kayong mga Filisteo, upang kayo'y huwag maging mga alipin ng mga Hebreo, na gaya ng naging lagay nila sa inyo: kayo'y magpakalalaki, at magsilaban."

Ang mga Filisteo ay nagsagawa ng isang matinding pagsalakay, na humantong sa pagkatalo ng Israel, na maraming napatay. Tatlumpung libong mga lalaki ang napatay sa parang, at ang kaban ng Dios ay nakuha, at ang dalawang anak ni Eli ay napatay samantalang ipinag- tatanggol iyon. Kaya't sa muli sa naiwan na dahon ng kasaysayan ang isang patotoo para sa lahat ng panahon sa hinaharap, na ang kasalanan ng mga nag-aangking bayan ng Dios ay hindi maaaring hindi mapa- rusahan. Sa higit na malaking pagkaalam sa kalooban ng Dios higit na malaki ang kasalanan noong susuway doon.

Ang pinaka nakakatakot na sakuna na maaaring mangyari ay nangyari sa Israel. Ang kaban ng Dios ay nakuha, at napasa kamay ng kaaway. Tunay na ang kaluwalhatian ay nawalay mula sa Israel nang ang simbolo ng nananahang presensya at kapangyarihan ni Jehova ay naalis mula sa kanilang kalagitnaan. Kaugnay ng banal na kabang iyon ang pinaka kahanga-hangang pagpapahayag ng katotohanan at kapangyarihan ng Dios. Noong nakalipas na mga araw, kahima- himalang mga tagumpay ang natamo sa tuwing iyon ay mahahayag. Iyon ay nalililiman ng mga pakpak ng mga gintong kerubin, at ng di mabigkas na kaluwalhatian ng presensya ng Dios, ang nakikitang simbolo ng kataas-taasang Dios, ay nananahan sa

ibabaw noon sa kabanal-banalang dako. Subalit ngayon ay hindi iyon naghatid ng tagumpay. Hindi iyon naging isang pananggalang sa pagkakataong ito, at nagkaroon ng pagluluksa sa buong Israel.

Hindi nila nabatid na ang kanilang pananampalataya ay pananam- palatayang pang-ibabaw lamang. Ang kautusan ng Dios, na nakalagay sa kaban, ay isa ring simbolo ng Kanyang presensya; [691] subalit sila ay naghasik ng paghamak sa mga kautusan, binaliwala ang mga ipinag- uutos noon at dinalamhati ang Banal na Espiritu sa kalagitnaan nila. Kapag ang mga tao ay sumusunod sa mga banal na kautusan, ang Panginoon ay sumasa kanila at gumagawa para sa kanila sa pamamagitan ng Kanyang walang hanggang kapangyarihan; subalit kung sila'y tumidngin sa kaban, na hiwalay sa Dios, ni hindi pinaparangalan ang Kanyang hayag na kalooban sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang utos, hindi iyon makagagawa para sa kanila ng hihigit sa magagawa ng isang pangkaraniwang kahon. Tumingin sila sa kaban kung paanong yaong mga bansang mapagsamba sa mga diyus-diyusan ay tumitingin sa kanilang mga diyos, na tila iyon ay may taglay na mga elemento ng kapangyarihan at kaligtasan. Ang kanilang kasalanan ang nagpawalay sa kanila sa Dios, at hindi Niya sila mabibigyan ng tagumpay hanggang hindi pinagsisisihan at tinatalikuran ang kanilang kasalanan.

Hindi sapat ang mapasa kalagitnaan ng Israel ang kaban at ang santuwaryo. Hindi sapat maghandog ang mga saserdote ng mga hain, at ang bayan ay tawaging mga anak ng Dios. Hindi pinapansin ng Dios ang kahilingan noong umiibig sa kasalanan sa puso; nasusulat, "Siyang naglalayo ng kanyang pakinig sa pakikinig ng kautusan, maging ang kanyang dalangin ay karumaldumal." Kawikaan 28:9.

Nang ang hukbo ay lumabas upang makipagdigma, si Eli, na bulag at matanda, ay nanatili sa Silo. Lubhang nangangamba niyang hinintay ang resulta ng labanan; "sapagkat ang kanyang puso'y nanginginig dahil sa kaban ng Dios." Sa labas ng pintuang daan ng tabernakulo, siya ay nauupo sa araw-araw, at sabik na umaasang may darating na tagapaghatid ng balita mula sa lugar ng digmaan.

Sa katagalan ay may isang lalaki ng Benjamin mula sa hukbo, "na may barong hapak at may lupa sa kanyang ulo," ang dumating na nagmamadaling pumapanhik sa daan patungo sa lungsod. Walang pasingtabi na nilampasan ang matandang lalaki sa tabi ng daan, siya

ay nagtuloy sa bayan, at binanggit sa mga nasasabik na mga tao ang mga balita ng pagkatalo at pagkapahamak.

Ang ugong ng mga iyak at mga panaghoy ay nakarating sa nagbabantay sa tabi ng tabernakulo. Ang tagapaghatid ng balita ay dinala sa kanya. At sinabi ng lalaki kay Eli, "Ang Israel ay tumakas
[692] sa harap ng mga Filisteo, at nagkaroon din naman ng isang malaking patayan sa gitna ng bayan, at pati ng iyong dalawang anak, si Ophni at si Phinees ay patay na." Matitiis ni Eli ang lahat ng ito, gaano man ito kakilabot, sapagkat inasahan niyang magaganap. Subalit nang idagdag ng tagapaghatid ng balita, "at ang kaban ng Dios ay kinuha," isang mukhang hindi mabigkas na kalungkutan ang sumapit sa buo niyang anyo. Ang kaisipan na gano'n na lamang nalapastangan ng kanyang kasalanan ang Dios, at Kanyang inalis ang Kanyang paki- kiharap mula sa Israel, ay higit sa kanyang makakayanan; ang kanyang lakas ay nawala, at siya ay nabuwal, "at nabalian siya sa leeg, at siya'y namatay."

Ang asawa ni Phinees, sa kabila ng kawalang galang sa Dios ng kanyang asawa, ay isang babaeng may pagkatakot sa Panginoon. Ang pagkamatay ng kanyang biyanang lalaki at ng kanyang asawa, at higit sa lahat, ang kakilakilabot na balita na ang kaban ng Dios ay kinuha, ay naging sanhi ng kanyang pagkamatay. Kanyang nadama na ang huling pag-asa ng Israel ay nawala; at pinangalanan niya ang sanggol na isinilang sa panahong ito ng sakuna, na Ichabod, o "walang kaluwalhatian;" at sa kanyang pag-aagaw buhay ay humihibik na binabanggit ang mga salitang, "Ang kaluwalhatian ay nahiwalay sa Israel; sapagkat ang kaban ng Dios ay kinuha."

Subalit hindi lubos na itinakwil ng Dios ang Kanyang bayan, ni hindi Niya titiisin ng matagal ang malaking pagsasaya ng mga hindi kumikilala sa Dios. Ginamit niya ang mga Filisteo bilang mga kasang- kapan upang maparusahan ang Israel, at ginamit Niya ang kaban upang parusahan ang mga Filisteo. Noong nakalipas na mga panahon iyon ay kinaroonan ng pakikiharap ng Dios, upang siyang maging lakas at kaluwalhatian ng Kanyang masunuring bayan. Iyon ay karo- roonan pa rin ng hindi nakikitang presensyang iyon, upang maghatid ng takot at pagkawasak sa mga sumasalangsang sa Kanyang Banal na Kautusan. Malimit ginagamit ng Panginoon ang pinakamahigpit Niyang mga kaaway upang parusahan ang hindi pagtatapat ng nag- aangkin na Kanyang bayan. Ang masama ay

maaaring magalak sa tagumpay sumandali samantalang nakikita nilang naghihirap ang Israel sa parusa, subalit ang panahon ay dumarating na sila rin ay kinakailangang humarap sa hatol ng isang Dios na banal, at galit sa kasalanan. Kung saan ang kasalanan ay iniibig, doon, mabilis at tiyak, ang mga hatol ng Dios ay darating.

Sa kagalakan sa pagtatagumpay dinala ng mga Filisteo ang kaban [693]
sa Asdod, isa sa kanilang limang pangunahing mga lungsod, at iyon ay inilagay sa bahay ng kanilang diyos na si Dagon. Kanilang inisip na ang kapangyarihang nasa kaban ay magiging kanila, at kung idadagdag sa kapangyarihan ni Dagon, gagawin noon na wala nang makadadaig sa kanila. Subalit nang sila ay pumasok sa templo nang sumunod na araw, nakita nila ang isang tanawing naghatid sa kanila ng pangingilabot. Si Dagon ay nabuwal at napasubsob sa harap ng kaban ni Jehova. Magalang na itinaas ng mga saserdote ang diyus- diyusan, at iyon ay ibinalik sa kanyang lugar. Subalit nang sunod na umaga nakita nila iyon, na kakatwa ang pagkasira, muling nakasubsob sa lupa sa harap ng kaban. Ang itaas na bahagi ng diyus-diyusang iyon ay tulad sa isang lalaki, at ang ibabang bahagi ay tulad sa isang isda. Ngayon ang bawat bahagi na tulad sa anyo ng lalaki ay naputol, at ang bahaging tulad lamang sa isda ang nanatili. Ang mga saserdote at ang mga tao ay nangatakot; tiningnan nila ang mahiwagang pangyayaring ito bilang isang masamang badya, nagpapahayag ng darating na sakuna sa kanilang mga sarili at sa kanilang mga diyus- diyusan sa harapan ng Dios ng mga Hebreo. Inalis nila ngayon ang kaban mula sa kanilang templo, at iyon ay inilagay sa isang gusali na ukol lamang doon.

Ang mga naninirahan sa Asdod ay dinatnan ng isang nakasasaldt at nakamamatay na karamdaman. Naalaala ang mga salot na pinarating ng Dios ng Israel sa Ehipto, ipinalagay ng mga tao na ang kanilang kapighatian ay hatid ng presensya ng kaban sa kanila. Ipinagpasyang iyon ay dalhin sa Gath. Subalit ang salot ay sumunod doon, at iyon ay dinala ng mga lalaki ng bayang iyon tungo sa Ecron. Dito ay tinanggap iyon ng mga tao na may malaking katakutan, na iniiyak, "kanilang dinala sa atin ang kaban ng Dios ng Israel, upang patayin tayo at ang ating bayan." Sila'y humarap sa kanilang mga diyos para sa pananggalang, tulad sa ginawa ng mga tao sa Gath at sa Asdod; subalit ang gawain ng mananalanta ay nagpatuloy, hanggang sa kanilang kawalan ng pag-asa, "ang daing ng bayan ay umabot sa

langit." Pinangangambahan ang matagal na pagpapanatili ng kaban sa mga tahanan ng mga lalaki, iyon ay dinala ng mga tao sa parang. Doon ay sumunod ang isang salot ng mga daga, na sumalanta sa lupain, sinira ang mga ibinubunga ng lupa, kapwa sa mga nasa kamalig at sa nasa bukid. Lubhang pagkawasak, sa pamamagitan ng
[694] sakit o taggutom, ang ngayon ay nagbabala sa bansa.

Sa loob ng pitong buwan ang kaban ay nanatili sa mga Filisteo, at sa buong panahong ito ang mga Israelita ay hindi gumawa ng anuman upang iyon ay maibalik. Subalit ang mga Filisteo ngayon ay nananabik nang mapalaya ang kanilang mga sarili mula sa presensya noon kung paanong ninasa nilang makuha iyon. Sa halip na maging isang mapagkukunan ng lakas para sa kanila, iyon ay naging isang malaking pasanin at mabigat na sumpa. Gano'n pa man hindi nila alam kung ano ang dapat gawin; sapagkat saan man iyon mapunta, ang kahatulan ng Dios ay sumusunod. Ang mga tao ay nanawagan sa mga prinsipe ng bansa, kabilang ang mga saserdote at ang mga manghuhula, at nananabik na nagtanong, "Anong aming gagawin sa kaban ng Panginoon? Ipatalastas ninyo sa amin kung aming ipadadala sa kanyang dako." Sila ay pinayuhang ibalik iyon na may kasamang mamahaling mga handog dahil sa pagkakasala. "Kung magkagayo'y," wika ng mga saserdote, "gagaling kayo, at malalaman ninyo kung bakit ang Kanyang kamay ay hindi humiwalay sa inyo."

Upang mapatigil o maalis ang isang salot, kinaugalian noong mga unang panahon ng mga hindi kumikilala sa Dios, ang gumawa ng inanyuang ginto, o pilak, o iba pang mga bagay, ng anyo ng naging sanhi ng pananalanta o ng bagay o bahagi ng katawan na bukod tanging naapektuhan. Ito ay inilalagay sa isang haligi o sa isang dakong kitang-kita, at ipinapalagay na isang mabisang pananggalang sa masamang espiritung kinakatawanan noon. Ang katulad rin noon ay ginagawa pa rin ng ilang mga taong hindi kumikilala sa Dios. Kapag ang isang tao na may karamdaman ay nagpunta upang mag- pagaling sa templo ng kanyang diyus-diyusan, siya ay nagdadala ng anyo ng bahaging naapektuhan, na kanyang iniaalay bilang handog sa kanyang diyos.

Ayon sa isinasakatuparan na mga pamahiing ito na ipinag-utos ng mga pangulo sa Filisteo sa mga tao na gumawa ng mga anyo ng mga salot na sumapit sa kanila—"limang gintong bukol, at li-

mang gintong daga ayon sa bilang ng mga pangulo ng mga Filisteo; sapagkat," wika nila, "iisang salot ang napasa inyong lahat, at napasa inyong mga pangulo."

Batid ng mga pantas na mga lalaking ito ang isang mahiwagang kapangyarihan ang sumasama sa kaban—isang kapangyarihan na walang kaalaman upang iyon ay maabot. Gano'n pa man hindi nila pinayuhan ang mga tao na iwan ang kanilang pagsamba sa diyus- [695]
diyusan upang maglingkod sa Panginoon. Galit pa rin sila sa Dios ng Israel, bagaman napilitan dahil sa lubhang nakasisindak na mga hatol upang sumuko sa Kanyang kapangyarihan. Sa gano'ng paraan ang mga makasalanan ay maaaring makumbinsi sa pamamagitan ng mga hatol ng Dios na walang saysay ang makipaglaban sa Kanya. Maaaring mapilitan silang sumuko sa Kanyang kapangyarihan, bagamat sa puso sila ay naghihimagsik sa Kanyang pamumuno. Ang gano'ng pagsuko ay hindi makapagliligtas sa makasalanan. Ang puso ay kinakailangang maisuko sa Dios—kinakailangang masakop ng biyaya ng Dios bago maging katanggap-tanggap ang nagsisising tao.

Kay laki ng pagiging matiisin ng Dios sa mga masama! Ang mga Filisteo na mapagsamba sa mga diyus-diyusan at ang mapagtalikod na Israel ay kapwa nagalak sa mga kaloob ng Kanyang awa at tulong. Sampung libong hindi napapansing mga tulong ang nahuhulog sa landas ng hindi mapagpasalamat, at mapanghimagsik na mga tao. Ang bawat pagpapala ay nagsasalita sa kanila tungkol sa Tagapagbigay, subalit hindi nila pinapansin ang Kanyang pag-ibig. Ang pagiging mapagpigil ng Dios sa mga anak ng tao ay lubhang napakalaki; subalit kung may katigasan ang ulo na kanilang ipagpilitan ang manatili sa hindi pagsisisi, inaalis Niya mula sa kanila ang Kanyang nag-iingat na kamay. Tumanggi silang makinig sa tinig ng Dios sa pamamagitan ng mga gawang nilalang at sa mga babala, mga payo, at pagsaway ng Kanyang salita, kaya't Siya ay napilitang magsalita sa kanila sa pamamagitan ng mga kahatulan.

May ilan sa mga Filisteo na handang humadlang sa pagpapabalik ng kaban sa sarili noong dako. Ang gano'ng pagkilala sa kapangyarihan ng Dios ay magiging kahiya-hiya sa kapurihan ng Filistia. Subalit ang "mga saserdote at ang mga manghuhula" ay nangusap sa mga tao na huwag tularan ang katigasan ng puso ni Faraon at ng mga Ehipcio, at sa gano'n ay maghatid sa kanilang mga sarili ng

higit pang mga kahirapan. Isang panukala na ngayon ay sinang-ayunan ng lahat ang iminungkahi, at kaagad isinakatuparan. Ang kaban kasama ang mga gintong handog dahil sa pagkakasala, ay inilagay sa isang bagong karo, upang maiwasan ang lahat ng panganib na iyon ay marumihan; sa karong ito, o sasakyan, ay ikinabit ang dalawang baka, na kailan man ay hindi pa nalagyan ng pamatok ang mga leeg. Ang kanilang mga guya ay ikinulong sa bahay, at ang mga baka
[696] ay hinayaang magtungo kung saan nila naisin. Kung ang kaban sa
[697] ay hindi nawalan ng mabuting mga bunga. Matapos magdusa sa pang-aapi ng kanilang mga kaaway sa loob ng dalawampung taon,
[698] ang mga Israelita ay "tumaghoy sa Panginoon." Sila ay pinayuhan ni Samuel, "kung kayo'y babalik sa Panginoon ng buo ninyong puso ay inyo ngang alisin sa inyo ang mga diyos na iba, at ang mga Astaroth, at ihanda ninyo ang inyong mga puso sa Panginoon, at sa Kanya lamang kayo maglingkod." Dito ay nakikita natin na ang kabanalang naisasakabuhayan, ang relihiyon ng puso ay itinuturo na noong mga panahon ni Samuel tulad ng itinuro ni Kristo noong siya ay nasa lupa. Kung wala ang biyaya ni Kristo, ang panlabas na anyo ng relihiyon ay walang saysay sa sinaunang Israel. Iyon ay ganon din sa makabagong Israel.

Mayroong pangangailangan ngayon ng gano'ng pagpapanibagong sigla ng relihiyon ng puso tulad sa naranasan ng sinaunang Israel. Ang pagsisisi ang unang hakbang na kailangang isagawa ng lahat ng nagnanais manumbalik sa Dios. Walang sinumang makagagawa ng gawaing ito para sa iba. Ang bawat isa sa atin ay kinakailangang magpakumbaba ang kaluluwa sa harap ng Dios, at mag-alis sa ating mga diyus-diyusan. Kapag nagawa na natin ang lahat na dapat nating gawin, ay ipapahayag sa atin ng Dios ang Kanyang pagliligtas.

Sa pakikiisa ng mga pangulo ng mga lipi, isang malaking kapulungan ang natipon sa Mizpa. Dito ay nagsagawa ng isang banal na pag- aayuno. May malalim na pagpapakumbabang ang mga tao ay nagpahayag ng kanilang mga kasalanan; at bilang katibayan ng kanilang kapasyahang sumunod sa mga ipinag-utos na kanilang narinig, ibinigay nila kay Samuel ang kapangyarihan bilang isang hukom.

Ang pagtitipong ito ay inakala ng mga Filisteo na isang konsilyo ng pakikipagdigmaan, at sa pamamagitan ng isang malakas na puwersa ay gumayak upang pangalatin ang mga Israelita bago pa mabuo

ang kanilang mga panukala. Ang mga balita tungkol sa kanilang pagdating ay naging sanhi ng malaking takot sa Israel. Ang mga tao ay nakiusap kay Samuel, "Huwag kang tumigil ng kadadalangin sa Panginoon nating Dios, ng dahil sa atin, upang iligtas Niya tayo sa kamay ng mga Filisteo."

Samantalang si Samuel ay nag-aalay ng isang tupa bilang handog na susunugin, ang mga Filisteo ay lumapit upang makipagdigma. Nang magkagayon ang Isang Makapangyarihan na bumaba sa Sinai sa kalagitnaan ng apoy at usok at kulog, na nagpahiwalay sa Dagat
na Pula, at gumawa ng daan tungo sa kabila ng Jordan para sa [699]
anak ni Israel, ay muling nagpahayag ng Kanyang kapangyarihan. Isang malakas na bagyo ang sumambulat sa sumasalakay na hukbo. At nangalat sa lupa ang mga bangkay ng makapangyarihang mga mandirigma.

Ang mga Israelita ay tumindig sa matahimik na pagkamangha, nanginginig na may pag-asa at takot. Nang kanilang makita ang pagkamatay ng kanilang mga kaaway, kanilang nabatid na tinanggap ng Dios ang kanilang pagsisisi. Bagaman hindi handa sa pakikipagdigma, kanilang kinuha ang mga sandata ng mga nangamatay na mga Filisteo, at hinabol ang tumatakas na hukbo hanggang Beth-car. Ang malaking pagtatagumpay na ito ay naganap doon sa parang, kung saan dalawampung taon na ang nakalipas, ang Israel ay sinaktan ng mga Filisteo, ang mga saserdote ay napatay, at ang kaban ng Dios ay nakuha. Para sa mga bansa gano'n din sa bawat isa, ang landas ng pagiging masunurin sa Dios ang landas ng kaligtasan at kaligayahan, samantalang ang pagsalangsang ay humahantong lamang sa sakuna at pagkatalo. Ang mga Filisteo ngayon ay lubos nang nalupig kung kaya't kanilang isinuko ang matitibay na mga tanggulan na nakuha mula sa Israel, at umiwas na sa mga gawang pang-aapi sa loob ng maraming mga taon. Ang ibang mga bansa ay sumunod rin sa halimbawang ito, at ang mga Israelita ay nagkaroon ng kapayapaan hanggang sa magtapos ang nag-iisang pamumuno ni Samuel.

Upang ang pangyayaring iyon ay huwag makalimutan kailanman, si Samuel ay nagtayo, sa pagitan ng Mizpa at ng Sen, na isang malaking bato bilang isang alaala. Tinawag niya iyong Ebenezer, "ang bato ng pagtulong," na sinasabi sa mga tao, "Hanggang dito'y
tinulungan tayo ng Panginoon." [700]

## Kabanata 58—Ang mga Paaralan ng mga Propeta

Ang Panginoon ang nag-utos ng edukasyon ng Israel. Ang Kanyang pasanin ay hindi lamang tungkol sa ikabubuti ng kanilang relihiyon; anuman ang nakaapekto sa kanilang pag-iisip o pangangatawan ay paksain din ng awa at tulong ng Dios, at kabilang sa nasasaklawan ng kautusan ng Dios.

Ipinag-utos ng Dios sa mga Hebreo na ituro sa kanila ang Kanyang mga ipinag-uutos, at ipabatid sa kanila ang naging pakikitungo Niya sa kanilang mga ama. Ito ang isa sa natatanging mga tungkulin ng bawat magulang—isa na hindi maaaring ipaubaya sa iba. Sa halip na mga labi ng iba, manggagaling ang sumbat, ang mapagmahal na mga puso ng ama at ina ay kinakailangang turuan ang kanilang mga anak. Ang mga kaisipan ng Dios ay kinakailangang ilakip sa bawat nagaganap sa pang-araw-araw na buhay. Ang makapangyarihang mga gawa ng Dios sa pagliligtas sa Kanyang bayan, at ang mga pangako tungkol sa Tagatubos na darating, ay kinakailangang malimit na maulit sa mga tahanan sa Israel; at ang paggamit ng mga paglalarawan at mga simbolo ay sanhi upang ang mga liksyon ay lubos na matanim sa alaala. Ang dakilang mga katotohanan ng awa at tulong ng Dios at ng hinaharap na buhay ay itinatanim sa mga batang isipan. Iyon ay sinasanay upang makita ang Dios kapwa sa mga tanawin ng kalikasan at sa mga salita ng kapahayagan. Ang mga bituin sa langit, ang mga punong kahoy at mga bulaklak sa parang, ang matataas na mga bundok, ang lumalagaslas na mga batis—ang lahat ay nagsasaysay ng tungkol sa Manlalalang. Ang solemneng serbisyo ng paghahain at pagsamba sa santuwaryo, at ang mga sinasabi ng mga propeta, ay mga pagpapahayag ng Dios.

Gano'n ang naging pagsasanay ni Moises sa maliit na tahanang kubo sa Gosen; ni Samuel, sa pamamagitan ng tapat na si Ana; ni David, sa burol na tirahan sa Betlehem; ni Daniel, bago ang mga tagpo ng pagkabihag na naghiwalay sa kanya mula sa tahanan
[701] ng kanyang mga ama. Gano'n din, ang unang buhay ni Kristo sa Nazareth; gano'n din ang pagsasanay na sa pamamagitan noon si

Timoteo ay natuto mula sa mga labi ng kanyang lola na si Loida, at ng kanyang ina na si Eunice (2 Timoteo 1:5; 3:15), ng mga katotohanan ng Banal na Kasulatan.

Higit pang paglalaan ang ginawa para sa pagsasanay ng bata, sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga paaralan ng mga propeta. Kung ang isang kabataan ay nagnanais na magsaliksik ng higit na malalim sa mga katotohanan ng salita ng Dios, at magsaliksik ng kaalaman mula sa itaas, upang siya ay maaaring maging isang tagapagturo sa Israel, ang mga paaralang ito ay bukas para sa kanya. Ang mga paaralan ng mga propeta ay itinatag ni Samuel, upang magsilbing isang pananggalang laban sa laganap na kasamaan, upang maglaan para sa kapakanan ng moralidad at espirituwalidad ng kabataan, at upang pasulungin ang hinaharap na pag-unlad ng bayan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga lalaking handa upang gumawa na may takot sa Dios bilang mga pinuno at mga tagapayo. Sa pagtupad sa layuning ito, si Samuel ay nagtipon ng grupo ng mga kabataang lalaki na relihiyoso, matalino, at may hilig mag-aral. Ang mga ito ay tinawag na mga anak ng mga propeta. Samantalang sila'y nakikipag- ugnay sa Dios, at nag-aaral ng Kanyang salita at mga gawa, ang karunungang mula sa itaas ay idinagdag sa kanilang likas na mga kaloob. Ang mga tagapagturo ay mga lalaking hindi lamang bihasa sa banal na katotohanan, kundi yaong sila mismo ay nagkaroon ng kasiyahan sa pakikipag-ugnay sa Dios, at tumanggap ng espesyal na mga kaloob ng Kanyang Espiritu. Kanilang ikinasisiya ang paggalang at pagtitiwala ng mga tao, kapwa sa kaalaman at sa kabanalan.

Noong panahon ni Samuel ay mayroong dalawang mga paaralang ganito—isa sa Rama, ang tahanan ng propeta, at isa sa Chiriatjearim, sa kinaroroonan noon ng kaban. Ang iba ay itinatag sa huli nang panahon.

Ang mga mag-aaral sa mga paaralang ito ay tinutustusan ng kanilang sariling trabaho sa pagbubungkal ng lupa o sa ibang gawaing pangme- kaniko. Sa Israel ang bagay na ito ay hindi iniisip na kakaiba o nakasisira; sa katunayan, itinuturing na isang krimen ang pagpa- pahintulot na ang mga bata'y lumaki na walang alam na kapakipaki- nabang na gawain. Ayon sa ipinag-utos ng Dios, ang bawa't bata ay tinuturuan ng gawaing panghanap buhay, bagaman siya ay sinasanay para sa banal na tungkulin. Marami sa mga taga-

[702] pagturo ng relihiyon ang tinustusan ng kanilang sarili sa pamamagitan ng pangkamay na trabaho. Maging hanggang sa panahon ng mga apostol, si Pablo at si Aquila ay hindi nabawasan ng karangalan sa dahilang sila ay kumita ng ikabubuhay sa pamamagitan ng kanilang pangangalakal sa paggawa ng tolda.

Ang pangunahing aralin sa mga paaralang ito ay ang kautusan ng Dios, kabilang ang mga tagubilin na ibinigay kay Moises, banal na kasaysayan, banal na tugtugin, at panulaan. Ang paraan ng pagtuturo ay lubhang kakaiba sa mga paaralang panteolohiya sa kasalukuyan, kung saan maraming mga mag-aaral ang nagtatapos na may higit na kakaunting tunay na kaalaman tungkol sa Dios at sa katotohanang panrelihiyon kaysa nang sila ay unang pumasok. Sa mga paaralang iyon noong unang panahon isang malaking layunin ng lahat ng pag- aaral ang matutunan ang kalooban ng Dios, at ang tungkulin ng tao sa Kanya. Sa mga tala ng banal na kasaysayan ay mababakas ang mga bakas ni Jehova. Ang mga dakilang katotohanan na inihahayag ng mga paglalarawan ay pinatatanaw, at pinanghahawakan ng pananampalataya ang sentrong layunin ng lahat ng mga sistemang iyon— ang Kordero ng Dios na mag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.

Isang espiritu ng pagtatalaga ang pinahahalagahan. Hindi lamang itinuturo sa mga mag-aaral ang tungkuling manalangin, itinuro din sa kanila kung paano manalangin, paano lumapit sa Manlalalang, paano manampalataya sa Kanya, paano mauunawaan, at paano masu- sunod ang mga itinuturo ng Espiritu. Ang mga banal na pag-iisip ay kumukuha mula sa kabang yaman ng Dios, ng mga bago at luma, at ang Espiritu ng Dios ay nahahayag sa hula at sa banal na awit.

Ang musika ay nilikha upang paglingkuran ang isang banal na layunin, upang itaas ang pag-iisip tungo doon sa dalisay, marangal, at nakapagpapataas, at upang pumukaw sa kaluluwa ng pagmamahal at pagpapasalamat sa Dios. Kay laking pagkakaiba ng sinaunang kaugalian at pinaggagamitan ng tugtugin na sa kasalukuyan ay iniibig. Kay rami ng gumagamit sa kaloob na ito upang itaas ang sarili, sa halip na gamitin iyon sa pagluwalhati sa Dios! Ang pagibig sa musika ay umaakay sa walang ingat upang makiisa sa mga umiibig sa sanlibutan sa pagtitipong pangkasiyahan na hindi ng Dios ipina- pahintulot na puntahan ng Kanyang mga anak. Kung kaya't

ang bagay na isang malaking pagpapala kung gagamitin sa tamang paraan, ay nagiging pinakamabisang kasangkapan na ginagamit ni Satanas upang akitin ang pag-iisip papalayo sa tungkulin at sa [703] pagmumuni- muni sa mga bagay na pang walang hanggan.

Ang musika ay bahagi ng pagsamba sa Dios sa mga bulwagan sa langit, at kinakailangang sikapin natin, sa ating mga awit ng pagpuri, na malapit hanggat maaari sa pagkakaisa ng makalangit na mga koro. Ang tamang pagsasanay ng tinig ay isang mahalagang bahagi ng edukasyon at hindi marapat na kaligtaan. Ang pag-awit, bilang isang bahagi ng serbisyong panrelihiyon, ay isang paraan ng pagsamba na katumbas ng pananalangin. Kinakailangang madama ng puso ang damdamin ng awit upang mabigyan ng tamang pagbigkas.

Kay laki ng kaibahan ng mga paaralang iyon na tinuruan ng mga propeta ng Dios, sa mga makabagong institusyon ng pagkatutol kay unti ng mga paaralang masusumpungan na hindi pinamumunuan ng mga pamantayan at mga kaugalian ng sanlibutan! Mayroong nakalulungkot na kakulangan ng angkop na pagbabawal at makatuwirang pagdidisiplina. Ang kakulangan ng kaalaman sa salita ng Dios, sa mga tao na nag-aangking Kristiano, ay nakababahala. Pangibabaw na mga pananalita, pawang pagpapadala sa damdamin, ay naisasalin sa pagtuturo ng moralidad at ng relihiyon. Ang katarungan at kaawaan ng Dios, ang kagandahan ng kabanalan, ang tiyak na gantimpala sa paggawa ng tama, ang kasuklam-suklam na likas ng kasalanan, ang katiyakan ng kakilakilabot na mga bunga noon, ay hindi naita- tanim sa mga isip ng kabataan ng mga paraan ng krimen, pag- aaksaya, at pagpapalayaw.

Wala bang ilang mga aral na maaaring maging kapakipakinabang na matutunan ng mga edukador sa kasalukuyan mula sa sinaunang mga paaralan ng mga Hebreo? Siya na lumalang sa tao ay naglaan para sa ikalalago ng Kanyang katawan at pag-iisip at kaluluwa. Kaya't, ang tunay na tagumpay sa edukasyon ay nakasalalay sa katapatan ng tao sa pagsasakatuparan ng panukala ng Manlalalang.

Ang tunay na layunin ng edukasyon ay upang maibalik ang wangis ng Dios sa kaluluwa. Ng pasimula, ay nilalang ng Dios ang tao ayon sa sarili Niyang wangis. Binigyan Niya siya ng marangal na mga katangian. Ang kanyang pag-iisip ay wasto, at ang lahat ng kapangyarihan ng kanyang pagkanilalang ay magkakatugma. Subalit ang pagkahulog at ang mga bunga noon ay sumira sa mga kaloob

na ito. Sinira ng kasalanan at lubhang pinawi ang wangis ng Dios sa tao. Upang ito ay maibalik ay ginawa ang panukala ng pagtubos,
[704] at isang buhay ng pagsubok ang ibinigay sa tao. Upang isauli siya sa kasakda- lan ng unang pagkakalalang sa kanya, ang dakilang layunin ng buhay—ang layunin na pinapalooban ng lahat ng layunin. Tungkulin ng mga magulang at ng mga guro, sa edukasyon ng kabataan, ang makiisa sa layunin ng Dios; at sa pamamagitan ng pagganap doon sila ay "mga kamanggagawa ng Dios." 1 Corinto 3:9.

Ang lahat ng iba't ibang kakayanan ng tao—sa kaisipan, sa kaluluwa, at sa pangangatawan—ay ipinagkaloob sa kanila ng Dios, upang gamitin sa paraang maabot ang pinakamataas na antas ng kahusayan. Subalit ito ay hindi maaaring maging isang pagpapalagong makasarili at hindi kinasasangkutan ng iba; sapagkat ang likas ng Dios, na siyang wangis na ating tinatanggap ay mapagbigay at mapagmahal. Ang bawat kakayanan, bawat katangian, na ipinagkaloob sa atin ng Manlalalang, ay kinakailangang magamit sa ikalulu- walhati Niya at ikatataas ng ating kapwa-tao. At sa gawaing ito ay masusumpungan ang pinakadalisay, pinakamarangal, at pinakamasa- yang paggamit noon.

Kung ang mga prinsipyong ito ay pinag-uukulan ng pansin dahil sa hinihiling ng kahalagahan nito, magkakaroon ng isang malaking pagbabago sa ilan sa kasalukuyang mga paraan ng edukasyon. Sa halip na manawagan sa ipagmamapuri at makasariling ambisyon, na pumupukaw sa espiritu ng pagtutularan, ang mga guro ay magsisikap pumukaw ng pag-ibig sa kabutihan at katotohanan at kagandahan—upang pumukaw ng pagnanais sa kahusayan. Ang mag-aaral ay magsisikap mapalago ang kaloob ng Dios sa kanyang sarili, hindi upang maging higit sa iba, kundi upang maganap ang kalooban ng Manlalalang at matanggap ang Kanyang wangis. Sa halip na maituro sa pawang pamantayan ng makalupa, o makilos ng pagnanasang maitaas ang sarili, na yaon mismo ay nakapagpapababa o nakapangliliit, ang isip ay maakay tungo sa Manlalalang, upang makilala Siya, at upang maging tulad Niya.

"Ang pagkatakot sa Panginoon ay pasimula sa karunungan: at ang pagkakilala sa banal ay kaunawaan." Kawikaan 9:10. Ang dakilang gawain ng buhay ay ang paghubog ng likas, at ang isang pagkakilala sa Dios ang pundasyon ng lahat ng edukasyon. Up-

ang maibahagi ang kaalamang ito, at upang mahubog ang likas na katugma nito, ang kinakailangang maging layunin ng gawain ng guro. Ang kautusan ng Dios ay isang larawan ng Kanyang likas. Kung kaya't wika ng mang-aawit, "Lahat ng mga utos Mo ay [705]
katuwiran;" at "sa Iyong mga tuntunin ay nagkakamit ako ng unawa." Mga Awit 119:172, 104. Ipinahayag na ng Dios ang Kanyang sarili sa atin sa pamamagitan ng Kanyang salita at sa mga gawang nilikha. Sa pamamagitan ng aklat ng inspirasyon at sa aklat ng kalikasan, kinakailangang magkaroon tayo ng kaalaman tungkol sa Dios.

Isang batas ng pag-iisip na unti-unti nitong sinasanay ang kanyang sarili sa paksa na sinasanay na pag-isipan niya. Kung mapupuno ng mga pangkaraniwang mga bagay lamang, iyon ay hindi lalago kundi manghihina. Kung hindi kailan man pahihintulutang humarap sa malalaking mga suliranin, makalipas ang ilang panahon iyon ay mawawalan ng kapangyarihang lumago. Silang isang kapangyarihang pang edukasyon, ang Biblia ay walang katumbas. Sa salita ng Dios ang isip ay nakakasumpong ng pinakamalalim na kaisipan, at pina- kamatayog na hangarin. Ang Biblia ang pinaka mahusay na kasay- sayang nakapagtuturo na nasa pag-aari ng mga tao. Ito ay dumating na may kasariwaang mula sa bukal ng walang hanggang katotohanan, at isang kamay ng Dios ang nag-ingat sa kadalisayan nito sa lahat ng mga panahon. Nililiwanagan nito ang malalayong mga na- karaan, na sa patuloy na pagsasaliksik ng tao ay walang saysay. Sa salita ng Dios ay nakikita natin ang kapangyarihang naglagay ng saligan ng lupa at naglatag ng mga langit. Dito lamang tayo maka- kasumpong ng kasaysayan ng ating lahi na hindi nababahiran ng hindi matuwid na opinyon o ng kapalaluan ng tao. Dito ay nakatala ang mga pakikipagpunyagi, ang mga pagkatalo, at ang mga pagtatagumpay ng mga pinakadakilang mga suliranin ng tungkulin at ng kahihinatnan ay binubuksan. Ang tabing na naghihiwalay sa nakikita at sa di nakikitang daigdig ay itinataas, at nakikita natin ang labanan ng magkasalungat na mga puwersa ng mabuti at ng masama, mula sa unang pagpasok ng kasalanan, tungo sa huling pagtatagumpay ng katuwiran at ng katotohanan; at ang lahat ay pawang pagpapahayag ng likas ng Dios. Sa magalang na pagmumuni-muni sa mga katoto- hanang inihahayag sa Kanyang salita, ang pag-iisip ng mag-aaral ay inihahatid sa pakikipag-ugnay sa walang hanggang pag-iisip. Ang gano'ng pag-aaral ay hindi lamang makapagpapa-

pino at makapagpa- parangal sa pagkatao, hindi pa iyon mabibigong malawak at mapasigla ang mga kapangyarihan ng pag-iisip.

Ang pagtuturo ng Biblia ay mayroong makapangyarihang ba-
[706] hagi sa pag-unlad ng tao sa lahat ng may kinalaman sa buhay na ito. Binubuksan nito ang mga prinsipyong pundasyon ng pag-unlad ng bansa—mga prinsipyo na sa pamamagitan noon ay nabibigkis ang kahusayan ng lipunan, at siyang ikaliligtas ng sambahayan—mga prinsipyong kung wala iyon ay walang sinumang tao ang maging kapaki-pakinabang, masaya, at marangal sa buhay na ito, o makaaasang magkakaroon ng hinaharap, na walang hanggang buhay. Walang kalagayan sa buhay, o yugto ng karanasan ng tao, na kung saan ang mga iniaaral ng Biblia ay hindi isang mahalagang paghahanda. Kapag pinag-aralan at sinunod, ang salita ng Dios ay magbibigay sa sanlibutan ng mga lalaking higit na malalakas at higit na masigla ang pag-iisip kaysa pinakamasusing paggamit ng lahat ng paksang nasasakupan ng pilosopiya ng tao. Magbibigay iyon ng mga lalaking malakas at ma- tatag ang pagkatao, matalas ang pananaw at mahusay ang kapasya- han, mga lalaking magiging karangalan sa Dios at isang pagpapala sa sanlibutan.

Sa pag-aaral din sa mga Agham, tayo ay kinakailangang magkaroon ng pagkakilala sa Manlalang. Ang lahat ng tunay na agham ay pawang pag-aninag sa isinulat ng kamay ng Dios sa materyal na daigdig. Ang agham ay kumukuha mula sa kanyang mga pagsasaliksik ng mga sariwang katibayan lamang ng katalinuhan at kapangyarihan ng Dios. Kung wasto ang pagkaunawa, ipinakikilala kapwa ng aklat ng kalikasan at ng naisulat na salita ang Dios sa atin sa pamamagitan ng pag- tuturo sa atin ng matalino at kapakipakinabang na mga batas na sa pamamagitan noon Siya ay gumagawa.

Ang mag-aaral ay kinakailangang maakay upang makita ang Dios sa lahat ng mga gawa ng paglalang. Kinakailangang tularan ng mga guro ang halimbawa ng Dakilang Guro, na sa mga pangkaraniwang tanawin ng kalikasan ay humanap ng mga paglalarawang nagpapadali sa kanyang mga itinuturo, at higit na naitatanim iyon sa isip ng Kanyang mga tagapakinig. Ang mga ibong umaawit sa mga sangang makapal ang dahon, ang mga bulaklak sa mga libis, ang matataas na mga punongkahoy, ang mga lupaing maraming bunga, ang sumu- sulpot na mga butil, ang lumulubog na araw na ginagawang kulay ginto ang kalangitan—ang lahat ay nagsisilbing

mga paraan ng pag- tuturo. Iniuugnay niya ang mga nakikitang gawa ng Manlalalang sa mga salita ng buhay na Kanyang sinasalita, upang kung anuman ang Kanyang ituro sa paningin ng Kanyang
mga tagapakinig, ang kanilang pag-iisip ay maipihit tungo sa mga [707]
liksyon na Kanyang iniugnay sa kanila. [708]

Ang tatak ng Dios, na inihahayag sa mga dahon ng kapahayagan,
ay nakikita sa mga matataas na mga bundok, mabubungang mga [709]
libis, sa malawak, at malalim na karagatan. Ang mga bagay ng kalikasan ay nagsasalita sa tao ng tungkol sa pag-ibig ng Manlalalang. Kanya tayong iniuugnay sa Kanyang sarili sa pamamagitan ng hindi mabilang na mga palatandaan sa langit at sa lupa. Ang sanlibutang ito ay hindi pulos kalungkutan at kahirapan. “Ang Dios ay pag-ibig”, ay nasusu- lat sa bawat bumubukang bulaklak, sa mga talulot ng bawat bulaklak, at sa bawat tulis ng dahon ng mga damo. Bagaman ang sumpa ng kasalanan ay naghatid ng mga tinik, mayroong mga bulaklak sa mga tinik at ang mga tinik ay ikinukubli ng mga rosas. Ang lahat ng bagay sa kalikasan ay nagpapatotoo para sa maingat at magiliw na pangangalaga ng ating Dios at sa Kanyang pagnanasang gawing masaya ang Kanyang mga anak. Ang Kanyang mga pagbabawal at mga ipinag-uutos ay hindi inilagay para lamang ihayag ang Kanyang awtoridad, kundi sa lahat ng Kanyang ginagawa, ang kapakanan ng Kanyang mga anak ay nasa Kanyang paningin. Hindi Niya hinihiling mula sa kanila na isuko ang anumang bagay na makabubuti na kanilang panatilihin.

Ang kaisipang nananaig sa ilang uri ng lipunan, na ang relihiyon ay hindi makabubuti sa kalusugan o sa kaligayahan sa buhay na ito, ay isa sa pinaka nakapanlilinlang na pagkakamali. Wika ng kasulatang “Ang pagkatakot sa Panginoon ay patungo sa kabuhayan; at ang nagtatangkilik noon ay tatahang may kasiyahan.” Kawikaan 19:23. “Sinong tao ang nagnanasa ng buhay, at umiibig sa maraming kaarawan upang makakita siya ng mabuti? Ingatan mo ang iyong dila mula sa masama. At ang iyong mga labi sa pagsasalita ng karayaan. Lumayo ka sa kasamaan, at gumawa ka ng mabuti; hanapin mo ang kapayapaan at habulin mo.” Mga Awit 34:12-14. Ang mga salita ng karunungan ay “buhay sa nangakakasumpong, at kagalingan sa boo nilang katawan,” Kawikaan 4:22.

Ang tunay na relihiyon ay naghahatid sa tao tungo sa pagiging katugma ng mga kautusan ng Dios ukol sa pangangatawan, sa pag-

iisip, at sa moralidad. Iyon ay nagtuturo ng pagpigil sa sarili, kahi- nahunan, at pagtitimpi. Ang relihiyon ay nagpaparangal sa pag-iisip, nagpapapino ng panlasa, at nagpapabanal sa pagpapasya.
[710] Ginagawa noong kabahagi ng kadalisayan ng langit ang kaluluwa. Ang pana- nampalataya sa pag-ibig ng Dios at nananaig na awa at tulong ng Dios ay nagpapagaan sa mga pasanin sa pagkabalisa at mga inaalala. Pinupuno noon ang puso ng kagalakan at kasiyahan sa pina- kamataas o pinakamababang maging bahagi. Ang relihiyon ay tuwirang nakaaapekto upang mapaganda ang kalusugan, mapahaba ang buhay, at dagdagan ang ating pagkasiya sa lahat ng mga pagpa- pala noon. Binubuksan noon ang kaluluwa tungo sa isang hindi nag- kukulang na bukal ng kaligayahan. Lahat nawa ng hindi pumili kay Kristo ay makadama na siya ay mayroong higit na mabuting maiaalok sa kanila kaysa sa hinahanap nila para sa kanilang sarili. Ang tao ay gumagawa ng pinakamalaking pananakit at kalupitan sa sarili niyang kaluluwa kapag siya ay nag-iisip ng hindi sang-ayon sa kalooban ng Dios. Walang tunay na kaligayahang masusumpungan sa landas na ipinagbawal Niya na nakaaalam ng pinakamabuti at Siya na nagpa- panukala ng pinakamabuti para sa Kanyang mga nilalang. Ang landas ng pagsalangsang ay patungo sa kahirapan at pagkasira; subalit ang mga daan ng karunungan "ay mga daan ng kaligayahan." Kawikaan 3:17.

Ang pagsasanay na pampisikal ganon din ang panrelihiyon na isinagawa sa mga paaralan ng mga Hebreo ay maaaring kapaki- pak- inabang na mapag-aralan. Ang kabuluhan ng gano'ng pagsasanay ay hindi pinahahalagahan. Mayroong malapit na relasyon sa pagitan ng pag-iisip at ng katawan at upang marating ang isang mataas na pamantayan ng moralidad at ng kakayanan ng pag-iisip ang mga batas na nangangasiwa sa ating pisikal na pagkatao ay kinakailan- gang pakinggan. Upang magkaroon ng lakas, at maging husto ang tim- bang ng pagkatao, kapwa ang pag-iisip at ang pangangatawan ay kinakailangang magamit at mapalago. Anong pag-aaral ang higit pang magiging mahalaga para sa kabataan kaysa doon sa nauukol sa ka- hangahangang organismong ito na ipinagkatiwala sa atin ng Dios at patungkol sa mga batas na sa pamamagitan noon ay maingatan iyon sa kalusugan?

At ngayon, tulad sa mga araw nang Israel, ang bawat kabataan ay kinakailangang maturuan sa mga tungkulin ng praktikal na buhay.

Ang bawat isa ay kinakailangang magkaroon ng ilang kaalaman sa trabahong pangkamay, na sa pamamagitan noon, kung kakailanganin, ay magkaroon ng ikabubuhay. Ito ay kailangan hindi lamang bilang isang pananggalang laban sa malaking mga pagbabago na [711] maaaring humantong sa kahirapan sa buhay, kundi dahil sa epekto nito sa paglago ng pangangatawan, pag-iisip, at ng moralidad. Kahit mayroong katiyakan na ang isa ay hindi na kinakailangang humarap sa trabahong pangkamay upang suportahan ang kanyang sarili, ki- nakailangan pa rin siyang maturuang gumawa. Kung walang ehersisyo ang katawan, walang sinuman ang maaaring magkaroon ng mabu- ting pangangatawan o masiglang kalusugan; at ang disiplina ng isang mahusay na napapangasiwaang gawain ay kasing halaga rin ng pagka- karoon ng malakas at aktibong pag-iisip at isang marangal na pagkatao.

Ang bawat mag-aaral ay kinakailangang magtalaga ng isang bahagi ng bawat araw ukol sa aktibong paggawa. Sa gano'ng paraan ay nagkakaroon ng mga ugali ng kasipagan, at napasigla ang isang espiritu ng pagiging naaasahan ang sarili samantalang ang kabataan ay nailalayo mula sa masasama at nakabababang mga gawain na malimit ay bunga ng kawalan ng ginagawa. At ang lahat ng ito ay kasang-ayon ng pangunahing layunin ng edukasyon, sapagkat sa pamamagitan ng pagpapasigla sa paggawa, kasipagan, at kadalisayan tayo ay lumalapit sa pakikiisa sa Manlalalang.

Mangyaring ipaunawa sa mga kabataan ang layunin ng pagkakalikha sa kanila, upang parangalan ang Dios, at pagpalain ang kanilang kapwa; mangyaring ipakita sa kanila ang maingat na pagmamahal na ipinahayag sa kanila ng Amang nasa langit, at ang matayog na kahi- hinatnan na ukol doon ay inihahanda sila sa pamamagitan ng disiplina ng buhay, sa kadakilaan at karangalan na kung saan sila ay tinatawagan, upang maging mga anak ng Dios, at libu-libo ang magkaroon ng pagkamuhi at pagtanggi sa mababa at makasariling mga layunin at sa mga walang kabuluhang mga kasiyahan na dati'y kanilang kinagiliwan. Matututunan nilang kamuhian ang kasalanan, at iyon ay iwasan, hindi lamang dahil sa pag-asang magkakamit ng gantimpala o dahil natatakot sa parusa, kundi dahil sa pagkadama ng kawalan ng kabu- luhan noon, sapagkat iyon ay nakapagpapababa sa mga kapang- yarihang ipinagkaloob sa kanila ng Dios, isang bahid sa kanilang pagiging kawangis ng Dios na pagkatao.

Hindi ng Dios ipinag-uutos na ang mga kabataan ay magbawas ng pagmimithi. Ang mga elemento ng pagkatao na sa pamamagitan noon ang tao ay nagiging matagumpay at pinararangalan ng kapwa—ang hindi mapigilang pagnanasa sa higit na mabuti, ang matibay
[712] na kalooban, ang malakas na paggawa, ang hindi napapapagod na pagsusumikap, ay hindi kinakailangang alisin. Sa pamamagitan ng biyaya ng Dios ang mga iyon ay kinakailangang mapatnubayan tungo sa mga layuning higit na mataas kaysa sa makasarili at pang-kasalukuyang mga kinahihiligan kung paanong ang mga langit ay higit na mataas kaysa lupa. At ang edukasyon na sinimulan sa lupang ito ay ipagpapatuloy sa buhay na darating. Araw-araw ang kahanga-hangang mga gawa ng Dios, ang katibayan ng Kanyang kapangyari- han at karanungan sa paglalang at pag-iingat sa sansinukob, ang walang hanggang hiwaga ng pag-ibig at karunungan sa panukala ng pagtubos, ay magbubukas ng pag-iisip tungo sa bagong kagandahan. "Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao, anumang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa Kanya." Maging sa buhay na ito maaari tayong makahagip ng mga pagsulyap sa Kanyang presensya, at maaaring makatikim ng kagalakan ng pakikiugnay sa langit, su- balit ang kaganapan ng kagalakan at pagpapala noon ay maaabot sa kabilang hinaharap. Ang walang hanggan lamang ang makapagpapa- hayag ng maluwalhating kahihinatnan na kung saan
[713] ang tao, na nai- sauli sa wangis ng Dios, ay maaaring makarating.

## Kabanata 59—Ang Unang Hari ng Israel

Ang kabanatang ito ay batay sa 1 Samuel 8 hanggang 12.

Ang pamahalaan ng Israel ay pinangasiwaan sa ngalan at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios. Ang gawain ni Moises, ng pitumpung mga matanda, ng mga pinuno at mga hukom, ay pawang upang isakatuparan ang mga kautusan na ipinagkaloob ng Dios; sila ay walang kapangyarihan upang gumawa ng batas para sa bansa. Naging ganito, at ipinagpatuloy ang ganito, sa kalagayan ng Israel bilang isang bansa. Sa bawat kapanahunan ang mga lalaking kinasihan ng Dios ay sinusugo upang turuan ang mga tao, at pangunahan sa pagsasakatuparan ng mga kautusan.

Nakita ng Panginoon bago pa man mangyari iyon na nanaisin ng Israel ang magkaroon ng isang hari, subalit hindi Siya sumang-ayon sa isang pagbabago ng mga prinsipyo na sa pamamagitan noon ang bansa ay itinatag. Ang hari ay kinakailangang maging kinatawan ng Kataas-taasan. Ang Dios ay kinakailangang kilalanin na pinuno ng bansa, at ang Kanyang kautusan ay kinakailangang ipatupad bilang pinakamataas na batas ng lupain. [Tingnan ang Apendiks, Nota 8.]

Nang ang mga Israelita ay unang nanirahan sa Canaan, kanilang kinilala ang mga prinsipyo ng pamamahala ng Dios, at ang bansa ay umunlad sa ilalim ng pamumuno ni Josue. Subalit ang paglago ng populasyon, at ang pakikilakip sa ibang mga bansa, ay naghatid ng isang pagbabago. Ang bayan na hindi kumikilala sa Dios, at sa pamamagitan noon ay isinakripisyo sa isang malaking banda, ang sarili nilang natatanging, banal na likas. Unti-unting nawala ang kanilang paggalang sa Dios, at hindi na pinahalagahan ang karangalan ng pagiging Kanyang piniling bayan. Naakit ng karilagan at pagpapakita ng mga hari ng hindi kumikilala sa Dios, sila ay nanawa sa sarili nilang kasimplihan. Paninibugho at inggit ay bumangon sa pagitan ng mga lipi. Ang pangloob na hidwaan ay nagpahina sa kanila; sila'y patuloy na nakalantad sa pagsalakay ng kanilang mga kaaway na hindi kumikilala sa Dios, at ang mga tao

ay naniwala na upang mapanatili ang kanilang pagiging kabilang ng mga bansa, ang mga lipi ay kinakailangang magkaisa sa isang malakas na sentrong pamahalaan. Sa kanilang paghiwalay mula sa pagiging masunurin sa kautusan ng Dios, ninasa nilang maging malaya mula sa pamumuno ng kanilang Dios na Makapangyarihan sa lahat; kung kaya't ang kahilingan para sa isang hari ay naging
[714] laganap sa buong Israel.

Mula noong mga araw ni Josue, ang pamahalaan ay hindi pa kailan man napangasiwaan na may dakilang karunungan at pagtatagumpay na tulad sa pangangasiwa ni Samuel. Pinagkalooban ng Dios ng tatlong tungkulin ng pagiging hukom, propeta, at saserdote, siya ay gumawa na may hindi napapagod at walang pag-iimbot na kasigasigan para sa kapakanan ng kanyang bayan, at ang bansa ay umunlad sa ilalim ng kanyang pantas na pangangasiwa. Ang kaayusan ay naibalik, at ang pagkarelihiyoso ay naitanyag, at ang espiritu ng kawalan ng kasiyahan ay nasupil sa ilang panahon. Subalit dahil sa pagtanda ang propeta ay napilitang ibahagi sa iba ang mga pasanin ng pamahalaan, at kanyang itinalaga ang dalawa niyang mga anak bilang kanyang mga katulong. Samantalang ipinapagpatuloy ni Samuel ang kanyang tungkulin sa Rama, ang dalawang kabataan ay nasa Beerseba, upang pangasiwaan ang pagiging hukom sa bayan malapit sa timog na hangganan ng lupain.

Iyon ay may ganap na pagsang-ayon ng bayan na itinalaga ni Samuel ang dalawa niyang mga anak sa tungkulin, subalit hindi sila naging karapat-dapat sa pagkapili ng kanilang ama. Ang Panginoon, sa pamamagitan ni Moises, ay nagbigay ng espesyal na mga tagubilin sa Kanyang bayan na ang mga namumuno sa Israel ay kinakailangang maghukom na matuwid, maging makatarungan sa pakikitu- ngo sa babaeng balo at sa walang ama, at huwag tatanggap ng mga suhol. Subalit ang mga anak ni Samuel ay "lumingap sa mahalay na kapakinabangan, at tumanggap ng mga suhol, at sinira ang paghatol." Ang mga anak ng propeta ay hindi nakinig sa mga aral na sinikap niyang maitanim sa kanilang mga isip. Hindi nila tinularan ang dalisay, at hindi makasariling buhay ng kanilang ama. Ang babala na ibinigay kay Eli ay hindi nagkaroon ng impluwensya sa pag-iisip ni Samuel na sana ay nagawa noon. Siya ay naging labis na mapagpalayaw sa isang banda sa kanyang mga anak, at ang naging bunga ay nakikita sa kanilang pagkatao at buhay.

Ang pagiging hindi makatarungan ng mga hukom na ito ay naging sanhi ng maraming hindi pagkasiya, at nagkaroon ng dahilan sa gano'ng paraan ang naigayak upang ipagpilitan ang pagbabago na matagal nang lihim na ninanais. "Nang magkagayo'y nagpisan [715]
ang mga matanda ng Israel, at naparoon kay Samuel sa Ramatha; at kanilang sinabi sa kanya, Narito, ikaw ay matanda na, at ang iyong mga anak ay hindi lumalakad sa iyong mga daan: ngayon nga'y lagyan mo kami ng isang hari upang humatol sa amin gaya ng lahat ng mga bansa." Ang mga kaso ng pang-aabuso sa mga tao ay hindi pinarating kay Samuel. Kung ang masasamang gawain ng kanyang mga anak ay ipinaalam sa kanya, kanya sanang inalis sila ng walang pag-aatubili; subalit hindi ito ang ninanais ng mga may kahilingan. Nakita ni Samuel na ang tunay na motibo nila ay kawalan ng kasiyahan at pagpapaimbabaw, at ang kanilang hinihiling ay bunga ng isang pinag-aralan at ipinagpasyang layunin. Walang reklamong ginawa laban kay Samuel. Ang lahat ay kumikilala sa katapatan at karunungan ng kanyang pangangasiwa; subalit ang matandang propeta ay tumingin sa kahilingan iyong bilang isang pamimintas sa kanya, at isang tuwirang pagsisikap upang siya ay mapasa isang tabi. Hindi niya, gano'n pa man inihayag ang kanyang nadama; hindi siya bumanggit ng panunumbat, kundi dinala ang bagay na iyon sa Panginoon sa panalangin, at humingi ng payo mula lamang sa Kanya.

At sinabi ng Panginoon kay Samuel: "Dinggin mo ang tinig ng bayan sa lahat ng kanilang sinasabi sa iyo; sapagkat hindi ikaw ang kanilang itinakwil, kundi itinakwil nila Ako, upang huwag Akong maghari sa kanila. Ayon sa lahat na gawa na kanilang ginawa mula nang araw na iahon Ko sila mula sa Ehipto hanggang sa araw na ito, sa kanilang pag-iiwan sa Akin, at paglilingkod sa ibang mga diyos ay gayon ang ginagawa nila sa iyo." Ang propeta ay kinagalitan sa pagkalungkot sa ginawa ng mga tao sa kanya bilang isang tao. Sila ay hindi nagpahayag ng hindi paggalang sa kanya, kundi sa awtoridad ng Dios, na nagtatalaga ng mga pinuno ng Kanyang bayan. Sila na humamak at tanggihan ang tapat na lingkod ng Dios ay nagpapakita ng pag-iring hindi para sa tao, kundi para sa Panginoon na nagpadala sa kanya. Ito'y salita ng Dios, ang Kanyang pagbabawal, at payo; ang Kanyang awtoridad ang tinatanggihan.

Ang mga araw ng kasaganaan ng Israel, ay ang mga panahon na kanilang kinilala si Jehova na kanilang Hari—noong ang mga utos at pamahalaan na, Kanyang itinatag ay kinilala bilang pinakamataas kaysa sa lahat ng mga bansa. Ipinahayag ni Moises sa Israel ang
[716] tungkol sa ipinag-utos ng Panginoon: "Ito ang inyong karunungan at ang inyong kaalaman sa paningin ng mga tao, na makakarinig ng mga palatuntunang ito, at magsasabi, Tunay na ang dakilang bansang ito ay isang pantas at maalam na bayan." Deuteronomio 4:6. Subalit sa pamamagitan ng paghiwalay sa kautusan ng Dios ang mga Hebreo ay nabigo sa pagiging bayan na nais ng Dios gawin sa kanila, at ang lahat ng mga kasamaan na bunga ng sarili nilang kasalanan at kahangalan ay kanilang ibinintang sa pamamahala ng Dios. Sila ay lubos na binulag ng kasalanan.

Ang Panginoon, sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta, ay nagpahayag bago pa man iyon mangyari na ang Israel ay pamumunuan ng isang hari; subalit iyon ay hindi nangangahulugan na iyon ang pinakamabuting uri ng pamamahala para sa kanila, o iyon ay sang- ayon sa Kanyang kalooban. Pinahihintulutan Niya ang mga tao na sumunod sa sarili nilang kagustuhan, sapagkat sila ay tumangging sumunod sa Kanyang payo. Ipinahayag ni Oseas na sila ay binigyan ng Dios ng hari sa Kanyang kagalitan. Oseas 13:11. Kapag pinili ng tao ang sundin ang sarili nilang kagustuhan, na hindi humihingi ng payo mula sa Dios, o nasa paglaban sa Kanyang inihayag na kalooban, kalimitan ay ipinapagkaloob Niya ang kanilang ninanasa, upang, sa mapait na karanasang kasunod noon-, sila ay maakay upang kanilang makita ang kanilang kahangalan at upang magsisi sa kanilang kasalanan. Ang pagpapaimbabaw ng tao at karunungan ay mapa- patunayang isang mapanganib na patnubay. Yaong ninanasa ng puso na salungat sa kalooban ng Dios, sa huli ay masusumpungang isang sumpa sa halip na isang pagpapala.

Nais ng Dios na ang Kanyang bayan ay sa Kanya lamang tumingin bilang kanilang tagapagbigay ng batas at kanilang pinagkukunan ng lakas. Nadarama ang kanilang pagpapaaruga sa Dios, sila ay patuloy na maaakit upang higit na mapalapit sa Kanya. Sila ay maiaangat at mapaparangal, angkop para sa isang mataas na kahihinatnan na itinawag sa kanila bilang Kanyang piniling bayan. Subalit kung ang isang tao ay mailalagay sa trono iyon ay nakahilig upang akitin ang isip ng mga tao mula sa Dios. Sila ay higit na magtitiwala

sa lakas ng tao, at mababawasan ang pagtitiwala sa kapangyarihan ng Dios, at ang mga pagkakamali ng kanilang hari ay aakay sa kanila tungo sa kasalanan, at ihihiwalay ang bayan mula sa Dios.

Si Samuel ay inutusang ipagkaloob ang hinihiling ng bayan, subalit sila ay bibigyan ng babala tungkol sa hindi pagsang-ayon ng Dios, at ipapaalam din kung ano ang magiging bunga ng kanilang [717]
landasin. "At isinaysay ni Samuel ang buong salita ng Panginoon sa bayan na humihingi sa kanya ng isang hari." Matapat na inihayag niya sa kanila ang mga pasanin na mapapasa kanila, at ipinakita ang pag- kakaiba na gano'ng kalagayan ng pang-aapi sa kasalukuyang malaya at umuunlad na kalagayan. Tutularan ng kanilang hari ang karingalan at kaluhuan ng ibang mga hari, at upang masuportahan iyon, mabibigat na pagbubuwis sa kanilang katauhan at sa kanilang mga ari-arian ang kakailanganin. Ang pinakamahusay sa kanilang mga kabataang lalaki ay kanyang kakailanganin sa paglilingkod sa kanya. Sila ay gagawing mga tagapagpatakbo ng karo, mangangabayo, at mga taga takbo para sa kanya. Sila ay tatao sa kanyang hukbo, at kakailanganing magbungkal ng kanyang bukid, umani ng kanyang mga ani, at gumawa ng mga kasangkapang pangdigmaan para sa paglilingkod sa kanya. Ang mga anak na babae ng Israel ay kukunin upang maging tagagawa ng mga pabango at mga magtitinapay para sa sambahayan ng hari. Upang matustusan ang kanyang makaharing lupain kanyang kukunin ang pinakamabuti nilang mga lupain, na ibinigay ni Jehova sa mga tao. Gano'n din ang pinakamahusay nilang mga alipin, at kanilang baka, ay kanyang kukunin, at "ilalagay sa kanyang mga gawain." Bukod sa lahat ng ito, kukunin ng hari ang ikasampung bahagi ng lahat ng kanilang kinikita, ang kita sa kanilang mga paggawa, o ang mga bunga ng lupa. "Kayo'y magiging kanyang mga lingkod," binuod ng propeta. "At kayo'y dadaing sa araw na yaon, dahil sa inyong hari na inyong pipiliin; at hindi kayo sasagutin ng Panginoon sa araw na yaon." Gaano man kabigat ang mga masusumpungang iaatang, minsang ang isang hari ay maitatag, ay hindi nila iyon maaalis ayon sa kanilang kaluguran.

Subalit ibinalik ng mga tao ang sagot, "Hindi; kundi magkakaroon kami ng hari sa amin; upang kami naman ay maging gaya ng lahat ng mga bansa, at upang hatulan kami ng aming hari, at lumabas sa unahan namin, at ipakipaglaban ang aming pakikipagbaka."

"Gaya ng lahat ng mga bansa." Hindi batid ng mga Israelita na ang mapasa ganitong kalagayan na hindi tulad ng lahat ng mga bansa ay isang natatanging karapatan at pagpapala. Inihiwalay ng Dios ang mga Israelita mula sa lahat ng mga bayan, upang sila ay gawing Kanyang natatanging yaman. Subalit sila, sa hindi pagpapahalaga sa karangalang ito, ay sabik na sabik na ninasang tularan
[718] ang halimbawa ng mga hindi kumikilala sa Dios! At ang pagnanasang makiayon sa mga gawain at ugali ng sanlibutan ay nanatili pa rin sa nag-aangking bayan ng Dios. Sa kanilang paglayo mula sa Panginoon, sila ay na- giging mapagmithi sa mga pakinabang at pagpaparangal ng sanlibutan. Ang mga Kristiano ay patuloy na nagsisikap tumulad sa mga gawain noong mga sumasamba sa diyos ng sanlibutang ito. Ipinagpi- pilitan ng marami na sa pamamagitan ng pakikilakip sa mga taga sanlibutan at pakikiayon sa kanilang mga ugali, sila ay maaaring magkaroon ng malakas na impluwensya sa mga hindi relihiyoso. Subalit ang lahat ng tumatahak sa landasing ito, ay nawawalay mula sa pinagmumulan ng kanilang lakas. Sa pagiging mga kaibigan ng sanlibutan, sila ay mga kaaway ng Dios. Alang-alang sa pagkilala ng nasa sanlibutan kanilang isinasakripisyo ang di mabigkas na karangalan na itinawag sa kanila ng Dios, na ipinapakita ang kaluwalhatian Niya na tumawag sa atin mula sa kadiliman tungo sa Kanyang kagilagilalas na liwanag. 1 Pedro 2:9.

May malalim na kalungkutan, na nakinig si Samuel sa mga salita ng bayan; subalit sinabi sa kanya ng Panginoon, "Dinggin mo ang kanilang tinig at lagyan mo sila ng hari." Nagawa ng propeta ang kanyang tungkulin. Matapat na niyang naihayag sa kanila ang babala, at iyon ay tinanggihan. Mabigat ang kanyang puso na kanyang pinauwi ang mga tao, at siya rin ay umalis upang maghanda para sa malaking pagbabago sa pamahalaan.

Ang dalisay na buhay at hindi makasariling pagtatalaga ni Samuel ay isang nagpapatuloy na sumbat kapwa sa mga mapagimbot na mga saserdote at mga matanda, at sa mga mapagmalaki, at mapagbi- gay sa hilig ng katawan sa kapisanan ng Israel. Bagaman hindi siya nag-angkin ng karingalan at hindi gumawa ng mga pagpapakita, ang kanyang mga paggawa ay nagtaglay ng tatak ng langit. Siya ay pinarangalan ng Tagatubos ng sanlibutan, na sa ilalim ng kanyang pagpatnubay ay pinamunuan niya ang bansang Hebreo. Subalit ang mga tao ay nanawa na sa kanyang kabanalan at

pagtatalaga; kanilang inayawan ang kanyang mapagpakumbabang awtoridad, at tinanggihan siya para sa isang lalaki na mamumuno sa kanila bilang isang hari.

Sa pagkatao ni Samuel ay nakakakita tayo ng sinag ng wangis ni Kristo. Ang kadalisayan ng buhay ng ating Tagapagligtas ang pumu- kaw sa galit ni Satanas. Ang buhay na iyon ang liwanag ng sanlibutan at inihahayag ang natatagong kakulangan sa puso ng mga lalaki. Ang kabanalan ni Kristo ang pumukaw laban sa [719] kanya sa pinakamalupit ,na pagnanasa ng di tunay na pusong nag-aangkin ng kabanalan. Si Kristo ay hindi naparitong taglay ang mga kayamanan at karangalan ng sanlibutan, subalit ang mga gawa na Kanyang ginawa ay nagpapahayag na siya ay may kapangyarihang higit sa sinumang prinsipe. Ang mga Hudyo ay tumingin sa Mesias bilang siyang mag- papalaya mula sa pamatok ng mang-aapi, gano'n pa man kanilang inibig ang kasalanan na nag-atang noon sa kanilang mga leeg. Kung pinagtakpan lamang ni Kristo ang kanilang kasalanan at pinuri ang kanilang kabanalan, kanila sanang tinanggap Siya bilang kanilang hari; subalit hindi nila papasanin ang walang takot na panunumbat sa kanilang mga masasamang mga gawain. Ang pagiging kaibig-ibig ng isang pagkatao na kung saan ang pagiging mapagbigay, kadalisayan, at kabanalan ay dakila sa lahat, na hindi tumatanggap sa pagkagalit liban lamang sa kasalanan, ay kanilang tinanggihan. At gano'n ang nangyayari sa lahat ng kapanahunan ng sanlibutan. Ang liwanag mula sa langit ay naghahatid ng paghatol sa lahat ng tumatangging lumakad sang-ayon doon. Kapag nasumbatan sa pamamagitan noong mga namumuhi sa kasalanan, ang mga taong nagpapakunwaring banal ay magiging mga kasangkapan ni Satanas upang saktan at usigin ang mga tapat. "Lahat na ibig mabuhay na may kabanalan kay Kristo Jesus ay mangagbabata ng pag-uusig." 2 Timoteo 3:12.

Bagaman ang isang monarkiyang sistema ng pamahalaan para sa Israel ay inihayag sa hula bago pa man maganap iyon, iningatan ng Dios para sa Kanyang sarili ang karapatang pumili ng kanilang hari. Hanggang sa mga panahong iyon ang mga Hebreo ay nagtitiwala pa sa Dios na kanilang lubos na ipinagkatiwala sa Kanya ang pagpili. At ang pagpili ay napunta kay Saul, isang anak na lalaki ni Cis, ng lipi ni Benjamin.

Ang personal na katangian ng magiging hari ay yaong makatutugon sa kapalaluan ng puso na kumilos sa puso upang magnasa ng isang hari. "Sa mga anak ni Israel ay walang lalong makisig na lalaki kaysa kanya." 1 Samuel 9:2. May marangal at matipunong anyo, na nasa katanghalian ng buhay, kaakit-akit at matangkad, ang anyo niya ay tulad sa isang isinilang upang mamuno. Sa kabila ng pagkakaroon ng lahat ng mga katangiang ito na panglabas, si Saul ay wala noong mga higit na mataas na mga katangian na bumubuo sa tunay na
[720] karunungan. Sa kanyang kabataan ay hindi niya natutunang supilin ang kanyang padalos-dalos, at mapusok na mga pagnanasa; hindi pa niya kailan man nadama ang nakapagpapabagong kapangyarihan ng biyaya ng Dios.

Si Saul ay anak ng isang makapangyarihan at mayamang pinuno, gano'n pa man sang-ayon sa kasimplihan ng panahon, siya ay gumagawang kasama ng kanyang ama sa abang mga tungkulin ng isang magsasaka. Nang ang ilan sa mga hayop ng kanyang ama ay naligaw sa mga bundok, si Saul ay humayo kasama ang isang lingkod upang' hanapin ang mga iyon. Sa loob ng tatlong araw ay walang saysay na naghahanap sila, samantalang sila ay hindi nalalayo sa Ramah [Tingnan ang Apendiks, Nota 9.], ang tirahan ni Samuel, iminungkahi ng lingkod na sila ay magtanong sa propeta tungkol sa nawawalang mga pag-aari. "Mayroon ako sa aking kamay na ikaapat na bahagi ng isang siklong pilak," wika niya: "iyan ang aking ibibigay sa lalaki ng Dios, upang saysayin sa atin ang ating paglalakbay." Ito ay sang-ayon sa kaugalian ng panahon. Ang isang taong lumalapit sa isang taong may posisyon o tungkulin ay nagbibigay sa kanya ng isang maliit na kaloob, bilang isang pagpapa- hayag ng paggalang.

Samantalang sila ay napapalapit sa lungsod, sila ay nakasalubong ng ilang mga dalaginding na lumabas upang sumalok ng tubig, at ipinagtanong nila sa kanila ang propeta. Bilang tugon ay sinabi sa kanila na may isang serbisyong panrelihiyon ang malapit nang ma- ganap, at ang propeta ay dumating na, magkakaroon ng paghahain sa "mataas na dako," at pagkatapos noon ay may isang piging ukol sa hain. Isang malaking pagbabago ang naganap sa ilalim ng pamamahala ni Samuel. Nang ang panawagan ng Dios ay unang dumating sa kanya, ang mga serbisyo ng santuwaryo ay kinamumuhian. "Niwa- walan ng kabuluhan ng mga tao ang handog sa Panginoon."

1 Samuel 2:17. Subalit ang pagsamba sa Dios ay pinananatili na ngayon sa buong lupain, at ang mga tao ay nagpahayag ng pagkawili sa mga serbisyong panrelihiyon. Sapagkat wala na noong ginagawang paglilingkod sa tabernakulo, ang mga paghahain sa ilang panahon ay isinasagawa sa ibang lugar; at ang mga lungsod ng mga saserdote at ng mga Levita, kung saan ang mga tao ay nagtutungo para sa pagtuturo, ang pinili para sa layuning ito. Ang pinakamataas na dako sa mga lungsod na iyon ay kalimitang pinipili bilang lugar ng paghahain, at dahil dito'y tinawag na "matataas na dako."

Sa pintuang daan ng lungsod, Si Saul ay nakatagpo ng propeta. [721]

Ang Dios ay nagpahayag kay Samuel na sa pagkakataong iyon ang piniling hari ng Israel ay magpapakilala ng kanyang sarili sa harap niya. Samantalang sila ngayon ay nakatayong magkaharap, si Samuel ay sinabihan ng Panginoon, "Narito ang lalaki na aking sinalita sa iyo! ito nga ang magkakaroon ng kapangyarihan sa Aking bayan."

Sa kahilingan ni Saul, na, "Isinasamo ko sa iyo na saysayin mo sa akin, kung saan nandoon ang bahay ng tagakita," si Samuel ay tumugon, "Ako ang tagakita." Tinitiyak din sa kanya na ang nawawalang mga hayop ay nasumpungan na, pinilit niya siyang manatili at dumalo sa piging, at sa pagkakataon ding iyon ay nagbigay ng ilang mungkahi sa dakilang kahihinatnan na nasa harap niya: "Kanino ang buong pagnanasa sa Israel? Hindi ba sa iyo, at sa buong sangbahayan ng iyong ama?" Ang puso ng nakikinig ay kinilabutan sa mga salita ng propeta. Walang iba siyang magawa kundi mabatid ang kahalagahan noon, sapagkat ang kahilingan para sa isang hari ay naging isang lubos na pinag-uukulan ng pansin ng buong bayan. Gano'n pa man ay may mainam na pagpapakumbaba, si Saul ay sumagot, "Hindi ba ako Benjamita, sa pinakamaliit na lipi ng Israel? at ang aking angkan ang pinakamababa sa mga angkan ng lipi ng Benjamin? Bakit nga nagsasalita ka sa akin ng ganitong paraan?" Sinamahan ni Samuel ang dayuhan tungo sa lugar na pagpupulungan, kung saan ang mga pangunahing mga lalaki ng bayan ay nagkakatipon. Kasama sila, ayon sa ipinag-utos ng propeta, ang lugar ng karangalan ay ibinigay kay Saul, at sa piging ang pinaka piling bahagi ay inihain sa harap niya. Nang matapos ang serbisyo, dinala ni Samuel ang kanyang panauhin sa sarili niyang tahanan, at doon sa bubong ng bahay ay nakipag-usap siya sa kanya, na inilahad

ang mga dakilang prinsipyo na doon ang pamahalaan ng Israel ay itinatag, at sa gano'ng paraan ay sinikap na ihanda siya, sa isang antas, para sa kanyang mataas na tungkulin.

Nang si Saul ay umalis, madaling araw kinaumagahan, ang propeta ay sumama sa kanya. At nang makalampas sa bayan, inutusan niya ang lingkod na magpatuloy. At pinanatili niya si Saul upang tumanggap ng salita mula sa Dios. "Nang magkagayo'y kinuha ni Samuel ang sisidlan ng langis, at ibinuhos sa ulo niya, at hinagkan niya siya, at sinabi, Hindi ba ang Panginoon ang nagpahid sa iyo ng langis upang maging prinsipe ka sa Kanyang mana?" Bilang katibayan na ito ay isinagawa ayon sa kapamahalaan ng Dios, kanyang
[722] isinaysay ang mga magaganap sa kanyang paglalakbay papauwi, at tiniyak kay Saul na siya ay ihahanda ng Espiritu ng Dios para sa tungkuling naghihintay sa kanya. "Ang Espiritu ng Panginoon ay makapangya- rihang sasaiyo," wika ng propeta, at "ikaw ay magiging ibang lalaki. At mano nawa, na pagka ang mga tandang ito ay mangyari sa iyo, na gawin mo ang idudulot ng pagkakataon; sapagkat ang Dios ay suma- saiyo."

Nang si Saul ay naglalakad na sa kanyang landas, ang lahat ay naganap ayon sa sinabi ng propeta. Malapit sa hangganan ng Benjamin siya ay sinabihan na ang nawawaglit na mga hayop ay nakita na. Sa kapatagan ng Tabor siya ay nakasalubong ng tatlong lalaki na pupunta upang sumamba sa Bethel. Ang isa sa kanila ay may dalang tatlong batang kambing na ihahain, ang isa ay tatlong tinapay ang dala, at ang ikatlo ay isang bote ng alak, para sa piging ukol sa hain. Binati nila si Saul sa karaniwang pagbati, at ibinigay sa kanya ang dalawa sa tatlong tinapay. Sa Gabaa, na sarili niyang lungsod, isang pulutong ng mga propeta na nanggaling sa "mataas na dako" ang umaawit ng papuri sa Dios ayon sa tugtog ng tipano at ng alpa, ng salterio, at ng pandereta. Samantalang si Saul ay papalapit sa kanila, ang Espiritu ng Panginoon ay sumakanya rin, at siya ay suma- ma sa kanilang awit ng pagpuri, at siya'y nanghulang kasama nila. Siya ay nagsalita na may dakilang kahusayan at karunungan, at taim- tim na nakilahok sa serbisyo, anupa't yaong nakakilala sa kanya ay nagsabi sa pagkamangha, "Ano itong nangyari sa anak ni Cis? Si Saul ba ay nasa gitna rin ng mga propeta?"

Samantalang si Saul ay nakikisama sa mga propeta sa kanilang pagsamba, isang malaking pagbabago ang ginawa sa kanya ng Ba-

nal na Espiritu. Ang liwanag ng kadalisayan at kabanalan ng Dios ay suminag sa loob ng kadiliman ng natural na puso. Nakita niya ang kanyang sarili na nasa harap ng Dios. Nakita niya ang kagandahan ng kabanalan. Siya ngayon ay tinawagan upang simulan ang pakiki- pagpunyagi laban sa kasalanan at kay Satanas, at ipinadama sa kanya na sa pakikipagbakang ito ang kanyang lakas ay kinakailangang magmula lamang sa Dios. Ang panukala ng kaligtasan, na dati ay tila madilim at di tiyak, ay binuksan sa kanyang pang-unawa. Siya ay binigyan ng Panginoon ng tapang at ng karunungan para sa kanyang mataas na tungkulin. Ipinahahayag Niya sa Kanya ang Pinagmumulan ng lakas at ng biyaya, at niliwanagan ang kanyang pang-unawa sa mga ipinag-uutos ng Dios at sa sarili [723]
niyang tungkulin.

Ang pagpapahid kay Saul bilang hari ay hindi ipinaalam sa bayan. Ang pinili ng Dios ay ihahayag sa publiko sa pamamagitan ng pagtatalaga. Para sa layuning ito, ay tinipon ni Samuel ang bayan sa Mizpa. Nagkaroon ng panalangin para sa pagpatnubay ng Dios; at sumunod ang solemneng seremonya ng pagtatalaga. Sa katahimikan, ang natipong karamihan ay naghintay sa ipapahayag. Ang lipi, ang angkan, ang sambahayan ay sunod-sunod na inihayag at si Saul, ang anak ni Cis, ang nahayag bilang siyang pinili. Subalit si Saul ay wala sa kapulungan. Nabibigatan sa pagkadama ng malaking responsibilidad na mapapasakanya, siya ay lihim na umalis. Siya ay ibinalik sa kapulungan, na nagmasid na may pagmamalaki at kasiyahan na siya ay may makaharing tindig at marangal na anyo, dahil "mataas siya kay sa sinoman sa bayan, mula sa kanyang mga balikat at paitaas." Maging si Samuel, nang iniharap siya sa kapulungan ay nagsabi, "Nakikita ba ninyo siya na pinili ng Panginoon, na walang gaya niya sa buong bayan?" At bilang tugon ay bumangon mula sa malaking kapulungan ang isang mahaba, at malakas na sigaw ng kagalakan, "Mabuhay ang hari!"

At iniharap ni Samuel sa bayan "ang paraan ng kaharian," binanggit ang mga prinsipyong batayan ng monarkiyang pamahalaan, at sa pamamagitan noon iyon ay pangangasiwaan. Ang hari ay hindi magiging isang ganap na hari, kundi magkakaroon ng kanyang kapangyarihan sa ilalim ng kalooban ng Kataas-taasan. Ang pananalitang ito ay itinala sa isang aklat, kung saan inilahad ang mga karapatan ng prinsipe at ang mga karapatan at pribilihiyo

ng nga tao. Bagaman tinanggihan ng bayan ang babala ni Samuel, ang matapat na propeta, samantalang napipilitang sumang-ayon sa kanilang mga ninanais, ay nagsikap pa rin, hanggat sa maaari, na maingatan ang kanilang mga kalayaan.

Samantalang ang mga tao sa pangkalahatan ay handa nang kilalanin si Saul bilang kanilang hari, mayroong isang malaking bahagi ang hindi sumasang-ayon. Ang pagpili ng isang hari mula sa Benjamin, ang pinakamaliit na lipi ng Israel—at hindi sa Juda at Ephraim, ang pinakamalaki at pinaka makapangyarihan—ay isang pagwawalang halaga na hindi nila maaaring mapalampas. Tumanggi silang mag- angkin ng pagtatapat kay Saul, ni maghatid sa kanya ng mga kaugaliang kaloob. Yaong mga pinakamasigasig sa paghiling
[724] nila ng isang hari ay sila ay hindi tumanggap na may pagpapasalamat sa lalaking pinili ng Dios. Ang mga kaanib ng bawat panig ay mayroong kanilang pinipili, na nais nilang mailagay sa trono, at ang ilan sa mga pinuno ay nagnanasang ang karangalan ay mapasa kanila. Inggit at paninibugho ay alimpuyo sa puso ng marami. Ang mga pagsisikap ng pagpapaimbabaw at ambisyon ay nagbunga ng pagka- bigo at hindi pagkasiya ng marami.

Sa ganitong kalagayan ng mga pangyayari, hindi ni Saul makitang marapat para sa kanya ang manungkulan sa pagkahari. Iniwan kay Samuel ang pangangasiwa sa pamahalaan tulad ng dati, siya ay bumalik sa Gabas. Siya ay marangal na inihatid doon ng isang pulutong, na, nang makita ang pinili ng Dios, ay nagpasyang tulungan siya. Subalit hindi siya gumawa ng anuman upang makuha sa pamamagitan ng dahas ang kanyang karapatan sa trono. Sa kanyang tahanan sa mataas na lupain ng Benjamin ay matahimik niyang ginampanan ang mga tungkulin ng isang magsasaka, iniwan ng lubos ang pagtatatag ng kanyang kapangyarihan sa Dios.

Makalipas ang pagkahirang kay Saul, ang mga Amonita, sa ilalim ng kanilang hari na si Naas, ay sumalakay sa nasasakupan ng mga lipi na nasa silangan ng Jordan, at binantaan ng lungsod ng Jabes-galaad. Ang mga naninirahan doon ay nagsikap makipagkasundo sa pag- aalok ng paglilingkod sa mga Amonita. Dito ay hindi makakasang- ayon ang malupit na hari kung hindi niya maaalis muna ang kanang mata ng bawat isa sa kanila, upang sila ay maging mga buhay na patotoo sa kanyang kapangyarihan.

Ang mga tao sa sinalakay na lungsod ay nakiusap na magkaroon ng palugit na pitong araw. Dito ay sumang-ayon ang mga Amonita, iniisip na sa pamamagitan noon ay higit pang maparangal ang inaasahan nilang tagumpay. Kaagad nagpadala ng mga sugo mula sa Jabes, upang humiling ng tulong mula sa mga lipi sa kanluran ng Jordan! Inihatid nila ang balita sa Gabaa, na lumikha ng laganap na pangamba. Si Saul, nang umuwi kinagabihan mula sa pag-aararo sa bukid, ay nakarinig ng malakas na pag-iyak na nagsasaysay na malaking sakuna. Kanyang sinabi, "Anong mayroon ang bayan at sila'y umiiyak?" Nang ang nakahihiyang kasaysayan ay isinalaysay, ang lahat niyang natutulog na mga kapangyarihan ay napukaw. "Ang Espiritu ng Dios ay makapangyarihang suma kay Saul.... At siya ay kumuha ng dalawang magkatuwang na baka, at kanyang kinatay, at [725] ipinadala niya sa lahat ng mga hangganan ng Israel sa pamamagitan ng mga kamay ng mga sugo, na sinasabi, Sinomang hindi lumalabas na sumunod kay Saul at kay Samuel, ay ganyan ang gagawin sa kanyang mga baka."

Tadong daan at tatlumpung libong mga lalaki ang natipon sa kapatagan ng Bezec sa ilalim ng pag-uutos ni Saul. Kaagad nagsugo tungo sa sinalakay na lungsod, na may paniniyak na sa kinabukasan sila ay makaaasang may darating na tulong, sa araw ng kanilang pagsuko sa mga Amonita. Sa pamamagitan ng isang mabilis na paglalakbay ng kinagabihan, si Saul at ang kanyang hukbo ay tumawid ng Jordan, at nakarating sa Jabes "sa pagbabantay sa kinaumagahan." Tulad ni Gedeon, na hinati niya ang kanyang puwersa sa tatlong pulutong, sila ay lumusob sa kampamento ng mga Amonita nang ganon kaaga, samantalang, hindi nag-iisip nang panganib sila ay lubhang hindi ligtas. Sa pagkakagulong sumunod, sila ay nangalat, na may maraming napatay. At "ang mga nalabi ay nangalat, na anupa't walang naiwang dalawang magkasama."

Ang kaliksihan at katapangan ni Saul, gano'n din ang kanyang mahusay na pamumuno na ipinakita sa matagumpay na pamumuno sa isang malaking puwersa, ay mga katangian na ninanais ng Israel sa isang hari, upang kanilang makaya ang ibang mga bansa. Kanila ngayong binati siya bilang kanilang hari, inilalagay ang karangalan ng pagtatagumpay sa mga kakayanan ng tao, at kinalimutan na kung wala ang espesyal na pagpapala ng Dios ang lahat ng kanilang mga pagsisikap ay mawawalan ng saysay. Sa kanilang kasiglahan,

ang ilan ay nagmungkahing ipapatay ang lahat ng sa simula ay tumangging kumilala sa kapangyarihan ni Saul. Subalit ang hari ay namagitan, na sinasabi, "Walang taong papatayin sa araw na ito; sapagkat ngayo'y gumawa ang Panginoon ng pagliligtas sa Israel." Dito si Saul ay nagbigay ng katibayan ng pagbabago na naganap sa kanyang pagkatao. Sa halip na tinanggap ang parangal sa kanyang sarili, ibinigay niya ang papuri ng Dios. Sa halip na magpakita ng pagnanasang maghiganti, siya ay nagpahayag ng espiritu ng pagkahabag at pagpapatawad. Ito ay hindi mapagkakamaliang katibayan na ang biyaya ng Dios ay nananahan sa puso.

Si Samuel ngayon ay nagmungkahi na magkaroon ng isang pambansang pagtitipon sa Gilgal, upang ang kaharian ay mapagtibay kay Saul sa madla doon. Iyon ay isinagawa; "at doo'y naghain sila
[726] ng mga hain na mga handog tungkol sa kapayapaan sa harap ng Panginoon; at si Saul at ang lahat ng mga lalaki sa Israel ay nagalak na mainam doon."

Ang Gilgal ang naging dako ng unang pagkakampamento ng Israel sa Lupang Pangako. Dito si Josue, ayon sa ipinag-utos ng Dios, nagtayo ng haligi ng labindalawang bato bilang alaala sa mahiwa- gang pagtawid sa Jordan. Dito ay binagong muli ang pagtutuli. Dito ay isinagawa nila ang unang paskua makalipas ang pagkakasala sa Kades, at ang paglalagalag sa ilang. Dito tumigil ang mana. Dito nagpakita ang Kapitan ng hukbo ng Panginoon bilang pinunong nangunguna sa mga hukbo ng Israel. Mula sa dakong ito sila ay nagmartsa tungo sa pagkaguho ng Jerico at sa paglupig sa Ai. Dito ay pinarusahan si Achan dahil sa kanyang kasalanan, at dito isinagawa ang pakikipagkasundo sa mga Gabaonita na nagparusa sa pagkalimot ng Israel na humingi ng payo sa Dios. Sa kapatagang ito, na kaugnay sa maraming kapanapanabik na mga naganap, ay tumindig si Samuel at si Saul; at nang ang mga sigaw ng pagtanggap sa hari ay pumanaw na, ibinigay ng matandang propeta ang kanyang mga salita ng pagpapaalam bilang pinuno ng bansa.

"Narito," wika niya, "aking dininig ang inyong tinig sa lahat na inyong sinabi sa akin, at naghalal ako ng isang hari sa inyo. At ngayo'y narito, ang hari ay lumalakad sa unahan ninyo; at ako'y matanda na at mauban;...at ako'y lumakad sa unahan ninyo mula sa aking kabataan hanggang sa araw na ito. Narito ako: sumaksi kayo laban sa akin sa harap ng Panginoon, at sa harap ng Kanyang

pinahiran ng langis: kung kaninong baka ang kinuha ko? kung kaninong asno ang kinuha ko? o kung sino ang aking dinaya? kung sino ang aking pinighati? o kung kaninong kamay ako kumuha ng suhol upang bulagin ang aking mga mata niyaon? at aking isasauli sa inyo."

May nagkakaisang tinig ang mga tao ay sumagot, "Hindi ka nagdaya sa amin, ni pumighati man sa amin, ni tumanggap man ng anoman sa kamay ng sinoman."

Si Samuel ay hindi nagnanasang mabigyan lamang ng katuwiran ang sarili niyang ginawa. Bago iyon ay inihayag niya ang mga prinsipyo na dapat sundin kapwa ng hari at ng mga tao, at ninais niyang idagdag sa kanyang mga sinalita ang impluwensya ng sarili niyang halimbawa. Mula pa sa pagkabata ay napaugnay na siya sa gawain ng Dios, at sa loob ng mahabang buhay niya ay nagkaroon ng iisang layunin sa harap niya—iyon ang ikaluluwalhati ng Dios at [727]
pinakamatayog na ikabubuti ng Israel.

Bago magkaroon ng anumang pag-asa ng pag-unlad para sa Israel sila ay kinakailangang maakay tungo sa pagsisisi sa harap ng Dios. Bunga ng kasalanan sila ay nawalan ng pananampalataya sa Dios, nawala ang kanilang pagkabatid sa Kanyang kapangyarihan at karunungang pamunuan ang bansa—nawala ang kanilang pagtitiwala sa Kanyang kakayanan upang maitaguyod ang Kanyang gawain. Bago sila magkaroon ng tunay na kapayapaan, kinakailangang sila ay maakay upang makita at ipahayag ang kanilang kasalanang nagawa. Ipinahayag nila ang layunin ng kanilang paghiling ng hari, "Upang hatulan kami ng aming hari, at lumabas sa unahan namin, at ipaki- paglaban ang aming pakikipagbaka." Isinalaysay ni Samuel ang kasay- sayan ng Israel, mula sa araw na sila ay kinuha ng Dios mula sa Ehipto. Si Jehova, ang Hari ng mga hari, ay nanguna sa kanila, at nakipaglaban para sa kanilang mga pakikipagbaka. Malimit sila ay ipinagbili ng kanilang mga kasalanan sa kapangyarihan ng kanilang mga kaaway, subalit di pa natatagalan na kanilang iwan ang kanilang masasamang mga gawa na ang kaawaan ng Dios ay nagbangon ng isang tagapagligtas. Sinugo ng Dios si Gedeon at si Barak, at "si Jeptae, at si Samuel, at pinapaging laya kayo sa kamay ng inyong mga kaaway sa bawat dako, at kayo'y tumahang tiwasay." Gano'n pa man nang humaharap sa isang panganib ay kanilang sinabi, "isang hari ang maghahari sa amin," samantalang

wika ng propeta, “dan- gang ang Panginoon ninyong Dios ay siya ninyong Hari.”

“Ngayon nga’y,” ipinagpatuloy ni Samuel, “tumahimik kayo at tingnan ninyo itong dakilang bagay na gagawin ng Panginoon sa harap ng inyong mga mata. Hindi ba pag-aani ng trigo sa araw na ito? Ako’y tatawag sa Panginoon, na siya’y magpapasapit ng kulog at ulan; at inyong malaman at makikita na ang inyong kasamaan ay dakila, na inyong ginawa sa paningin ng Panginoon sa paghingi ninyo ng isang hari. Sa gayo’y tumawag si Samuel sa Panginoon; at ang Panginoon ay nagpasapit ng kulog at ulan ng araw na yaon.” Sa panahon ng pag-aani ng trigo, sa bandang Mayo at Hunyo, ay hindi umuulan sa silangan. Ang kalawakan ay walang ulap, at ang hangin ay matahimik at mahinahon. Kaya’t ang isang matinding bagyo sa panahong iyon ay pumuno ng takot sa lahat ng puso. Sa pagpa- pakumbaba ay ipinagtapat ngayon ng bayan ang
[728] kanilang kasalanan— ang mismong kasalanan na kanilang nagawa: “Ipanalangin mo ang iyong mga lingkod sa Panginoon mong Dios, upang huwag kaming mamatay; sapagkat aming idinagdag sa lahat ng aming mga kasalanan ang kasalanang ito, na humingi kami para sa amin ng isang hari.” Hindi ni Samuel iniwan ang bayan sa isang kalagayan ng pagkabi- go, sapagkat iyon ay maaaring pumigil sa lahat ng pagsisikap upang bumuti ang buhay. Maaaring akayin sila ni Satanas upang tumingin sa Dios bilang isang malupit at hindi nagpapatawad, at sa gano’ng kalagayan sila ay malalantad sa maraming mga tukso. Ang Dios ay mahabagin at mapagpatawad, parating nagnanais magpakita ng kaluguran sa Kanyang bayan, kung sila ay susunod sa Kanyang tinig. “Huwag kayong matakot,” ang pahayag ng Dios sa pamamagitan ng kanyang lingkod: “tunay na inyong ginawa ang buong kasamaang ito; gayon ma’y huwag kayong lumihis ng pagsunod sa Panginoon, kundi kayo’y maglingkod ng buong puso sa Panginoon: at huwag kayong lumiko; sapagkat kung gayo’y susunod kayo sa mga walang kabuluhang bagay na hindi ninyo mapapakinabangan o maka- pagpapalaya man, sapagkat mga walang kabuluhan. Sapagkat hindi pababayaan ng Panginoon ang Kanyang bayan.”

Si Samuel ay hindi nagsalita ng anuman tungkol sa pagwawalang halaga sa kanya; hindi siya nagsalita ng panunumbat sa kawalan ng utang-na-loob na iginanti ng Israel sa kanyang habang buhay

na pagtatalaga; subalit tiniyak niya sa kanila ang walang tigil na pangangalaga niya sa kanila: "Malayo nawang sa akin na ako'y magkasala laban sa Panginoon sa paglilikat ng pananalangin dahil sa inyo: kundi ituturo ko sa inyo ang mabuti at matuwid na daan. Matakot lamang kayo sa Panginoon, at maglingkod kayo sa Kanya sa katotohanan ng inyong buong puso; dilidilihin nga ninyo kung gaanong dakilang mga bagay ang Kanyang ginawa sa inyo. Ngunit kung kayo'y mamalaging gagawa ng kasamaan, kayo'y malilipol, kayo at gayon din ang inyong hari." [729]

## Kabanata 60—Ang Kapangahasan ni Saul

Ang kabanatang ito ay batay sa 1 Samuel 13; 14.

Makalipas ang pagtitipon sa Gilgal, binuwag ni Saul ang hukbo na bumangon nang siya ay nanawagan upang pabagsakin ang mga Amonita, at nag-iwan lamang ng dalawang libong mga lalaki upang manatili sa ilalim ng kanyang pag-uutos sa Michmas, at ang isang libo upang makasama ng kanyang anak na si Jonathan sa Gabaa. Dito ay may isang malaking pagkakamali. Ang kanyang hukbo ay puno ng pag-asa at tapang dahil sa katatapos pa lamang na pagtatagumpay; at kung siya ay kaagad nagpatuloy laban sa iba pang nga kaaway ng Israel, isa sanang malaking pagtatagumpay ang natamo para sa mga kalayaan ng bansa.

Samantala, ang kanilang mga mapagdigmang mga kalapit bayan, ang mga Filisteo, ay aktibo. Makalipas ang pagkatalo sa Ebenezer, kanila pa ring napanatili sa kanilang pag-aari ang ilan sa mga moog sa mga burol sa lupain ng Israel, at ngayon ay kanilang pinatatag ang kanilang mga sarili sa pinaka puso ng bansa. Sa mga pasilidad, sanda- ta, at mga kasangkapan, ang mga Filisteo ay may malaking kalama- ngan laban sa Israel. Sa mahabang panahon ng kanilang mapang- aping pamumuno, sinikap nilang palakasin ang kanilang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagbabawal sa mga Israelita sa pagiging mga panday, baka sila gumawa ng mga sandatang pangdigmaan. Nang magkaroon ng kapayapaan, ang mga Hebreo ay pumupunta pa rin sa mga kampo ng mga Filisteo para sa mga gawaing kinakailangang gawin. Pinangungunahan ng pag-ibig sa kaginhawahan, at ng ka- habag-habag na espiritung bunga ng mahabang panahon ng pang- aapi, ang mga lalaki ng Israel, sa isang malaking banda, ay nag- pabayang magkaloob para sa kanilang sarili ng mga sandata para sa pakikipagdigma. Mga pana at panghilagpos ay ginagamit sa dig- maan, at ang mga Israelita ay maaaring magkaroon ng mga ito, subalit walang ganito sa kanila, liban lamang kay

Saul at sa kanyang anak na si Jonathan, na mayroong sibat o isang tabak.

Hanggang sa ikalawang taon ng paghahari ni Saul ay hindi nagkaroon ng pagtatangkang supilin ang mga Filisteo. Ang unang paghampas ay isinagawa ni Jonathan, ang anak ng hari, na sumalakay at nanaig sa kanilang kampamento sa Gabaa. Ang mga Filisteo, sa pagkagalit dahil sa pagkatalong ito ay naghanda para sa isang mabilis na pagsalakay sa Israel. Si Saul ngayon sa pamamagitan ng tunog ng pakakak ay nag-utos ng pakikipagdigmaan sa buong lupain, na tina- wagan ang lahat ng mga lalaki ukol sa pakikipagdigma. Kabilang ang lipi sa kabila ng Jordan, upang magtipon sa Gilgal. Ang mga pana- wagang ito ay dininig. [730]

Ang mga Filisteo ay nagtipon ng isang malaking puwersa sa Michmas—"tatlumpong libong karo, at anim na libong mangangabayo, at ang bayan na gaya ng buhangin na nasa baybayin ng dagat sa karamihan." Nang ang balita ay nakarating kay Saul at sa kanyang hukbo sa Gilgal, ang bayan ay nasindak sa kaisipan na isang malaking puwersa ang kanilang sasagupain sa pakikipagdigmaan. Sila ay hindi handang humarap sa kaaway, at marami ang lubos na natakot na hindi sila mangahas subukan ang pagharap. Ang ilan ay tumawid sa Jordan, ang iba naman ay nagtago sa mga yungib at sa mga hukay, at sa kalagitnaan ng malalaking mga bato na sagana sa dakong iyon. Samantalang ang panahon ng paghaharap ay lumalapit, ang bilang ng mga umaalis ay mabilis na dumadami, at yaong mga hindi umaalis sa hanay ay napupuno ng pangamba at takot.

Nang si Saul ay unang pahiran bilang hari ng Israel, siya ay tumanggap kay Samuel ng malinaw na mga tagubilin tungkol sa gagawin sa pagkakataong ito. "Ikaw ay lulusong na una sa akin sa Gilgal," wika ng propeta; "at, narito, lulusungin kita, upang maghandog ng mga handog na susunugin, at maghain ng mga hain na mga handog tungkol sa kapayapaan: pitong araw na maghihintay ka, hanggang sa ako'y pumaroon sa iyo, at ituro sa iyo kung ano ang iyong gagawin." 1 Samuel 10:8.

Lumipas ang mga araw na si Saul ay naghihintay, subalit hindi nagsagawa ng anumang pagsisikap tungo sa pagpapasigla sa kanyang bayan at pagtatanyag ng pagtitiwala sa Dios. Bago lubos na natapos ang panahong itinakda ng propeta, siya ay nainip sa pagkaantala, at pinahintulutan ang kanyang sarili na mawalan

ng pag-asa dahil sa mga nakasusubok na mga pangyayari na nakapalibot sa kanya. Sa halip na matapat na sinikap na maihanda ang bayan sa serbisyong isasagawa ni Samuel, nagbigay laya siya sa
[731] hindi paniniwala at sa pangamba. Ang gawain ng pagtawag sa Dios sa pamamagitan ng hain ay isang pinaka solemne at pinakamahalagang gawain; at ipi- nag-utos ng Dios na ang Kanyang bayan ay magsisiyasat sa kanilang mga puso at magsisi sa kanilang mga kasalanan, upang ang hain ay maialay na katanggap-tanggap sa harap niya, at upang ang Kanyang mga pagpapala ay mapasa kanilang mga pagsisikap upang madaig ang kaaway. Subalit si Saul ay hindi na mapakali; at ang bayan, sa halip na magtiwala sa pagtulong ng Dios, ay nakatingin sa hari na kanilang pinili, upang manguna at mangasiwa sa kanila.

Gano'n pa man ang Dios ay nangangalaga pa rin sa kanila, at hindi sila ibinigay sa kapahamakan na sana'y sumapit sa kanila kung ang mahinang kamay lamang ng laman ang pawang naging suporta nila. Dinala Niya sila sa mga nakasusubok na mga dako, upang sila'y maniwala sa kahangalan ng pagtitiwala sa tao, at upang sila'y tumawag sa Kanya bilang kanilang tanging saklolo. Ang panahon ng pagsubok para kay Saul ay sumapit. Kanya ngayong ipakikita kung siya ay magtitiwala sa Dios o hindi, at mapagtiis na maghihintay ayon sa Kanyang ipinag-utos, at sa gano'ng paraan ay maihayag ang kanyang sarili bilang isa na maaaring magamit ng Dios sa lugar ng pagsubok bilang pinuno ng Kanyang bayan, o kung siya ay magiging salawa- han, at hindi karapat-dapat sa banal na tungkuling napasalin sa kanya. Ang hari ba na pinili ng Israel ay makikinig sa Hari ng lahat ng mga hari? Kanya bang ipipilit ang pansin ng mga nanlulupaypay niyang mga sundalo sa Isa na kinaroroonan ng walang hanggang kalakasan at kaligtasan?

May lumalagong pagkainip na naghintay siya sa pagdating ni Samuel, at isinisi ang kaguluhan at pagkabalisa ng kanyang mga sundalo sa hindi pa pagdating ng propeta. Ang takdang oras ay dumating, subalit ang lalaki ng Dios ay hindi agad napakita. Subalit ang hindi mapakali, at pabigla-biglang espiritu ni Saul ay hindi na mapipigilan pa. Nadarama na mayroong kinakailangang gawin upang maalis ang pangamba ng bayan, ipinasya niyang tumawag ng isang pagpupulong para sa isang relihiyosong serbisyo, at sa pamamagitan ng hain ay pakiusapan ang pagtulong ng Dios. Ipinag-

utos ng Dios na yaon lamang mga itinalaga sa tungkuling iyon ang maaaring maghain sa harap niya. Subalit ipinag-utos ni Saul, “Dalhin dito sa akin ang handog na susunugin;” at, samantalang nagagayakan ng mga sandata at mga kasuutang pangdigmaan, siya ay lumapit sa altar at naghandog ng hain sa harap ng Dios. [732]

“At nangyari, na pagkatapos niyang maihandog ang handog na susunugin, narito, si Samuel ay dumating; at lumabas si Saul na sinalubong siya upang bumati sa kanya.” Nakita agad ni Samuel na si Saul ay lumabag sa malinaw na mga tagubilin na ibinilin sa kanya. Ang Panginoon ay nagsalita sa pamamagitan ng kanyang propeta na sa pagkakataong ito ay ipapahayag niya kung ano ang dapat gawin ng Israel sa krisis na ito. Kung si Saul ay tumupad sa mga kondisyon na doon nakasalalay ang ipinangakong tulong ng Dios, ang Panginoon sana ay nakagawa ng isang kahanga-hangang pagliligtas para sa Israel, sa pamamagitan ng kakaunting tapat sa hari. Si Saul ay lub- hang lugod na lugod sa kanyang sarili, sa kanyang ginawa, kung kaya’t siya ay lumabas upang sumalubong sa propeta bilang isang kinakailangang purihin sa halip na pagsabihan.

Ang katauhan ni Samuel ay punong puno ng pag-aalala at kaguluhan; subalit sa kanyang tanong na, “Ano ang iyong ginawa?” Si Saul ay nagbigay ng mga pagdadahilan sa kanyang mapangahas na ginawa. Wika niya: “Aking nakita na ang bayan ay nangangalat sa akin, at hindi ka dumarating sa mga takdang araw, at ang mga Filisteo ay nagpupulong sa Michmas; kaya aking sinabi, ngayo’y lulusungin ako ng mga Filisteo sa Gilgal, at hindi ko pa naipamanhik ang kagali- ngan sa Panginoon: ako’y nagpumilit nga at inihandog ko ang handog na susunugin.”

“At sinabi ni Samuel kay Saul, gumawa kang may kamangmangan; hindi mo ginanap ang utos ng Panginoon mong Dios na iniutos niya sa iyo: sapagkat itinatag sana ng Panginoon ang Kanyang kaharian sa Israel magpakailan man. Ngunit ngayon ay hindi matutuloy ang iyong kaharian: Ang Panginoo’y humanap para sa kanya ng isang lalaking ayon sa kanyang sariling puso, at inihalal ng Panginoon siya na maging prinsipe sa Kanyang bayan.... At bumangon si Samuel at umahon siya mula sa Gilgal hanggang sa Gabaa ng Benjamin.”

Alin sa dalawa na ang Israel ay hindi na maging bayan ng Dios, o ang mga prinsipyong sa pamamagitan noon ay itinatag ang kaharian

ay papanatiliin, at ang bansa ay pamunuan ng kapangyarihan ng
Dios. Kung ang Israel ay magiging lubos na sa Panginoon, kung
ang kalooban ng tao at makalupa ay magpapailalim sa kalooban
ng Dios, maaari siyang magpatuloy na pinuno ng Israel. Hanggat
ang hari at ang bayan ay kikilos bilang mga tagasunod ng Dios,
[733] siya ay maaari nilang maging kaligtasan. Subalit sa Israel walang
[734] monarkiya ang maaaring umunlad na hindi sa lahat ng bagay ay
kumikilala sa kataas- taasang awtoridad ng Dios.

[735] Kung si Saul ay nagpakita ng pagpapahalaga sa mga ipinag-uutos ng Dios sa panahong ito ng pagsubok, maaari sanang isinakatuparan ng Dios ang Kanyang kalooban sa pamamagitan niya. Ang kanyang pagkakamali ngayon ay nagpatunay na siya ay hindi angkop upang maging kinatawan ng Dios sa Kanyang bayan. Maililigaw niya ang Israel. Ang kanyang kalooban sa halip na ang kalooban ng Dios, ang kapangyarihang mamamahala. Kung si Saul ay naging tapat, ang kanya sanang kaharian ay naging matatag magpakailan pa man; subalit sapagkat siya ay nagpabaya, ang layunin ng Dios ay kinakailangang maganap sa pamamagitan ng iba. Ang pamamahala sa Israel ay kinakailangang itagubilin sa isa na mamumuno sa bayan ayon sa kalooban ng Langit.

Hindi natin alam kung anong dakilang pagsisikap ang maaaring mapataya sa pagsubok ng Dios. Walang kaligtasan liban lamang sa mahigpit na pagsunod sa salita ng Dios. Ang lahat ng Kanyang mga pangako ay nakasalalay sa kondisyon ng pananampalataya at pagsunod, at ang isang pagpapabaya sa pagtupad sa Kanyang mga utos ay pumi- pigil sa katuparan sa atin ng mayamang mga inilalaan ng Kasulatan. Hindi natin dapat sundin ang simbuyo ng damdamin, o magtiwala sa kapasyahan ng mga tao; kinakailangang tumingin tayo sa inihayag na kalooban ng Dios, at lumakad sangayon sa Kanyang tiyak na kautusan, anumang mga pangyayari ang nakapaligid sa atin. Ang Dios ang bahala sa magiging mga bunga; sa pamamagitan ng pagi-ging tapat sa Kanyang salita maaari nating patunayan sa panahon ng pagsubok sa harap ng mga tao at sa harap ng mga anghel na ang Panginoon ay maaaring magtiwala sa atin sa mahihirap na kalagayan na isakatuparan ang Kanyang kalooban, parangalan ang Kanyang pangalan, at pag- palain ang Kanyang bayan.

Si Saul ay hindi naging kalugod-lugod sa Dios, gano’n pa man ay hindi siya handa upang magpakumbaba ang kanyang puso sa

pagsisisi. Ang kulang sa kanya sa tunay na kabanalan, kanyang sinikap punuan sa pamamagitan ng kanyang pagtatalaga sa mga anyo ng relihiyon. Hindi lihim kay Saul ang pagkatalo ng Israel nang ang kaban ng Dios ay dinala sa kampamento ni Ophni at ni Phinees; gano'n pa man, sa kabila ng pagkaalam sa lahat ng mga ito, ipinasya niyang ipasundo ang banal na kaban at ang naglilingkod [736] doon na saserdote. Kung maaari niyang pasiglahin ang kanyang bayan sa pamamagitan nito, umaasa siyang tipunin muli ang kanyang nangalat na hukbo, at makipagdigma sa mga Filisteo. Hindi na niya ngayon kakailanganin ang presensya at suporta ni Samuel, nang sa ganon ay maging ma- laya sa mga hindi tinatanggap na mga pagpuna at mga pagsansala ng propeta.

Ang Banal na Espiritu ay ipinagkaloob kay Saul upang liwanagan ang kanyang pang-unawa at palambutin ang kanyang puso. Tumang- gap siya ng tapat na tagubilin at pagsansala mula sa propeta ng Dios. Sa kabila noon ay kay laki ng kanyang katigasan ng ulo. Ang kasay- sayan ng unang hari ng Israel ay naghahayag ng isang malungkot na halimbawa na kapangyarihan ng mga unang maling mga kaugalian. Sa kanyang kabataan, hindi ni Saul kinatakutan at inibig ang Dios; at ang mapusok na espiritung iyon na hindi nasanay sa pagsuko, ay laging handa upang maghimagsik laban sa awtoridad ng Dios. Yaong sa kanilang kabataan ay umibig sa isang banal na pagpapahalaga sa kalooban ng Dios, at tapat na gumanap sa mga tungkulin sa kanilang kinalalagyan, ay mahahanda para sa mas mataas na paglilingkod sa hinaharap na buhay. Subalit hindi ng tao maaaring sirain ang mga kapangyarihan na ipinagkaloob sa kanila ng Dios, at pagkatapos noon, kapag pinili nilang magbago, ay masumpungan ang mga kapangyarihan iyon na sariwa at malaya sa lubhang kakaibang landasin.

Ang mga pagsisikap ni Saul na mapabangon ang mga tao ay nawalan ng saysay. Nang masumpungan na ang kanyang puwersa ay anim na raan na lamang, ay kanyang iniwan ang Gilgal, at siya'y nagpahinga sa moog sa Gabaa, na kailan lamang ay nakuha mula sa mga Filisteo. Ang matibay na moog na ito ay nasa timog na bahagi na isang malalim, at malubak na libis, o bangin, ilang milya sa hilagang dako ng Jerusalem. Sa hilagang bahagi ng libis ding iyon, sa Michmas, ang puwersa ng mga Filisteo ay nagkakampamento,

samantalang iba't ibang may mga tropang lumalayo tungo sa iba't ibang dako upang wasakin ang bansa.

Pinahintulutan ng Dios na magkagano'n ang mga pangyayari na humantong sa isang krisis, upang kanyang masumbatan ang katigasan ng ulo ni Saul, at maturuan ang Kanyang bayan ng isang liksyon ng pagpapakumbaba at pananampalataya. Dahil sa kasalanan ni Saul sa kanyang mapangahas na paghahandog, hindi
[737] ng Panginoon ibibigay sa kanya ang karangalan ng paglupig sa mga Filisteo. Si Jonathan, ang anak ng hari, isang lalaki na may pagkatakot sa Panginoon, ang napiling kasangkapan upang iligtas ang Israel. Kinilos ng isang banal na udyok, kanyang iminungkahi sa kanyang tagapagdala ng sandata na sila ay lihim na sasalakay sa kampo ng kaaway. "Marahil" iginiit niya, "ang Panginoon ay tutulong sa atin, sapagkat hindi maliwanag sa Panginoon na magligtas sa pamamagitan ng marami o ng kaunti."

Ang tagapagdala ng sandata, na isa ring lalaki ng pananampalataya at mapanalanginin, ay pumangalawa sa panukala, at magkasama silang umalis mula sa kampo, lihim, baka hadlangan ang kanilang layunin. May taimtim na dalangin sa patnubay ng kanilang mga ama, sila ay nagkasundo sa isang hudyat na sa pamamagitan noon ay kanilang malalaman kung paano sila magpapatuloy. At bumaba sa bangin ng naghihiwalay sa dalawang mga hukbo, matahimik nilang binagtas ang kanilang landas, sa nalililiman ng bangin, at medyo nakukublihan ng mga bunton at ng mga tagaytay sa lambak. Nang sumapit sa moog ng mga Filisteo, sila ay nakita ng kanilang mga kaaway, na nagsabi, na may panunuya, "Narito, ang mga Hebreo na lumabas sa mga hukay na kanilang pinagtaguan," at sila ay hinamon, "Ahunin ninyo kami, at pagpapakitaan namin kayo ng isang bagay," na ang ibig sabihin ay kanilang parurusahan ang dalawang Israelita sa kanilang pangangahas. Ang hamon na ito ang palatandaan na pinagkasunduan ni Jonathan at ng kanyang kasama na tatanggapin na katibayan na pagpapalain ng Panginoon ang kanilang isinasagawa. Nang malam- pasan ngayon ang dakong nakikita ng mga Filisteo, at pumili ng isang lihim at mahirap na daan, ang mga mandirigma ay pumanhik sa itaas ng bangin na inaakalang hindi mararating, at hindi naba- bantayan ng husto. Sa ganong paraan ay nakapasok sila sa kampo ng mga kaaway, at pinatay ang mga bantay, na, sa pagkagulat at takot, ay hindi na nanlaban.

Ang mga anghel ng langit ang nag-ingat kay Jonathan at sa kanyang kasama, lumaban ang mga anghel para sa kanila at ang mga Filisteo ay nangamatay sa harap nila. Ang lupa ay nayanig na tila isang malaking karamihan ng mga mangangabayo at mga karo ay dumarating. Nabatid ni Jonathan ang mga tanda ng pagtulong ng Dios, at maging ang mga Filisteo ay nakabatid na ang Dios ay guma- gawa para sa ikaliligtas ng Israel. Malaking takot ang biglang humawak sa hukbo, kapwa sa mga nasa parang at sa mga nasa kampo. Dahil sa pagkalito, na pinagkamalian ang kanilang [738] sariling kawal na mga kalaban, ang mga Filisteo ay nagsimulang magpatayan sa isa't isa.

Di nagtagal ang inga'y ng labanan ay narinig sa kampo ng Israel. Ang mga bantay ng hari ay nagulat na mayroong malaking kagulo sa mga Filisteo, at ang kanilang bilang ay umuunti. Gano'n pa man ay hindi alam kung mayroong bahagi ng hukbo ng Hebreo na umalis sa kampo. Sa pagtatanong ay nasumpungang walang hindi naroroon liban kay Jonathan at sa kanyang tagapagdala ng sandata. Subalit nang makita na ang mga Filisteo ay napapaurong, pinangunahan ni Saul ang kanyang hukbo upang lumahok sa labanan. Ang mga Hebreo na sumapi na sa mga kalaban ngayon ay lumaban na sa kanila; malaking mga bilang rin ang nagsilabas mula sa kanilang mga kinatataguan, at samantalang ang mga Filisteo ay tumatakas, na taranta, ang hukbo ni Saul ay nagsagawa ng kilabot na pagpatay sa mga tumatakas.

May kapasyahang pagyamanin ng lubos ang kanyang kalamangan, madaliang ipinagbawal ng hari sa kanyang mga sundalo ang pagkain sa buong araw na iyon, na pinapagtibay ang kanyang utos sa pamamagitan ng isang solemneng sumpa. "Sumpain ang lalaki na kumain ng anomang pagkain hanggang sa kinahapunan, at ako'y nakaganti sa aking mga kaaway." Ang tagumpay ay natamo na, hiwalay sa kaalaman o sa pakikiisa ni Saul, subalit nais niyang matanyag ang kanyang sarili sa pamamagitan ng lubos na pagpuksa sa nabuwag na hukbo. Ang utos na umiwas sa pagkain ay udyok ng makasariling ambisyon, at ipinahahayag nito na ang hari ay walang pakialam sa pangangailangan ng kanyang bayan kung ang mga iyon ay sasalungat sa kanyang pagnanasang maitaas ang sarili. Ang pagpapatibay sa pagbabawal na ito sa pamamagitan ng isang solemneng sumpa ay nagpapahayag na si Saul ay padalus-dalos at

walang galang. Ang mga salitang nasa sumpa ay nagpapahayag ng katibayan na ang kasigasigan ni Saul ay alang-alang sa kanyang sarili, at hindi sa ikararangal ng Dios. Ipinag-utos niya na ang kanyang layunin ay, hindi "upang ang Panginoon ay maiganti sa kanyang mga kaaway," kundi "upang ako ay makaganti sa aking mga kaaway."

Ang pagbabawal ay humantong sa pag-akay sa mga tao upang labagin ang utos ng Dios. Sila ay nakipagbaka sa digmaan buong araw, at nanlalambot na dahil sa kagutuman; at nang mga sandaling ang mga oras ng pagbabawal ay natapos na, ay kanilang ginalaw
[739] ang samsam, at kinain ang laman na may dugo, kaya't nilabag ang utos na nagbabawal sa pagkain ng dugo.

Sa panahon ng digmaan nang araw na yaon, si Jonathan, na hindi nakarinig sa ipinag-utos ng hari, ay walang kamalaymalay na lumabag sa pamamagitan ng pagkain ng kaunting pulot samantalang siya'y nagdaraan sa isang kakahuyan. Kinagabihan ay nalaman ni Saul ang tungkol sa bagay na ito. Mayroon siyang utos na sinumang sumuway dito ay paparusahan ng kamatayan; at bagaman si Jonathan ay nagkasala ng isang di sinasadyang kasalanan, bagaman may himalang iniligtas ng Dios ang kanyang buhay, at nagsagawa ng pagliligtas sa pamamagitan niya, ipinag-utos ng hari na ang parusa ay kinakailangang isakatuparan. Ang iligtas ang buhay ng kanyang anak ay magiging isang pagtanggap sa bahagi ni Saul na siya ay nagkamali sa paggawa ng isang madaliang sumpa. Ito'y magiging isang kahihiyan sa kanyang puri. "Gawing gayon ng Dios at lalo na," ang kanyang kilabot na hatol: "sapagkat ikaw ay walang pagsalang mamamatay, Jonathan."

Hindi ni Saul maaaring angkinin ang karangalan ng pagtatagumpay, subalit umaasa siyang pararangalan sa kanyang kasigasigan sa pagpapanatili sa kabanalan ng kanyang panata. Kahit maisakripisyo ang kanyang anak, kanyang ipadadama sa kanyang nasasakupan ang katotohanan na ang awtoridad ng hari ay kinakailangang mapanatili. Sa Gilgal, hindi pa natatagalan, si Saul ay nangahas na mangasiwa bilang isang saserdote, na labag sa iniutos ng Dios. Nang sansalain ni Samuel, ay may katigasan ang ulo niyang pinawalang sala ang kanyang sarili. Ngayon, nang ang sarili niyang utos ay nilabag—bagaman ang ipinag-utos ay hindi makatarungan at nalabag dahil hindi nalala- man—ang hari at ama ay humatol na ang kanyang anak ay patayin.

Ang mga tao ay tumangging isakatuparan ang hatol. Nilakasan ang loob laban sa galit ng hari, kanilang ipinahayag, "Mamamatay ba si Jonathan, na gumawa nitong dakilang kaligtasan sa Israel? Malayo nawa: buhay ang Panginoon, hindi malalaglag ang isang buhok ng kanyang ulo sa lupa; sapagkat siya'y gumawa na kasama ng Dios sa araw na ito." Ang mapagmalaking hari ay hindi nangahas baliwalain ang nagkakaisang kapasyahang ito, at ang buhay ni Jonathan ay nailigtas.

Walang magawa si Saul kundi madama na ang kanyang anak ay higit na kinaluluguran kaysa kanya, kapwa ng mga tao at ng [740]
Panginoon. Ang pagkakaligtas kay Jonathan ay isang matinding sum- bat sa pagiging padalus-dalos ng hari. Nakadama siya ng isang nau- nang kaisipan na ang kanyang mga sumpa ay magbabalik sa kanyang sarili. Hindi na niya ipinagpatuloy pa ng matagal ang pakikipaglaban sa mga Filisteo, sa halip ay umuwi sa kanyang tahanan na may pag- kasumpungin at hindi nasisiyahan.

Yaong mga pinaka handa na ipawalang sala ang kanilang sarili sa kasalanan ay malimit pinaka malupit sa paghatol at pagpaparusa sa iba. Marami ang tulad ni Saul, na naghahatid sa kanilang mga sarili ng hindi pagkalugod ng Dios, subalit siya ay tumatanggi sa payo at kinamumuhian ang pagsansala. Kahit na mapaniwala na ang Panginoon ay hindi nila kasama, sila ay tumatangging makita sa kanilang mga sarili ang sanhi ng kanilang suliranin. Iniibig nila ang isang mapagmalaki, at mayabang na espiritu, samantalang sila'y nagbibigay layaw sa malupit na paghatol o matinding panunumbat sa iba na higit na mabuti kay sa kanila. Magiging mabuti para sa mga gano'ng nagbigay sa kanilang sarili ng tungkulin ng isang hukom na pag-isipan ang mga salita ni Kristo: "Sa hatol na inyong ihahatol, ay hahatulan kayo: at sa panukat na inyong isusukat, ay susukatin kayo." Mateo 7:2.

Malimit yaong nagsisikap itaas ang kanilang mga sarili ay nalalagay sa mga katayuan na kung saan ang kanilang tunay na likas ay naha- hayag. Gano'n ang nangyari sa karanasan ni Saul. Ang sarili niyang landasin ay nagpapaniwala sa mga tao na ang karangalan at awtoridad ng pagiging hari ay mas mahalaga sa kanya kaysa sa katarungan, kaawaan, o pagiging mapagbigay. Sa gano'ng paraan ay naakay ang mga tao upang kanilang makita ang kanilang pagkakamali sa pama- halaang ibinigay sa kanila ng Dios. Kanilang ip-

inagpalit ang banal na propeta na ang mga dalangin ay naghatid ng mga pagpapala, sa isang hari na sa kanyang bulag na kasigasigan ay dumalangin ng isang sumpa para sa kanila.

Kung hindi namagitan ang mga lalaki ng Israel upang iligtas ang buhay ni Jonathan, ang kanilang tagapagligtas ay maaaring namatay dahil sa iniutos ng hari. Lubhang mag-aalala ang mga tao sa pagsunod kay Saul matapos iyon! Kay pait ng kaisipang inilagay niya sa trono sa pamamagitan ng sarili niyang ginawa! Tinitiis ng Dios ang katigasan ng ulo ng tao, at sa lahat ay nagbibigay Siya ng pag- kakataon upang makita at matalikuran ang kanilang mga
[741] kasalanan; subalit samantalang tila pinagpapala Niya yaong nagbabaliwala sa Kanyang kalooban at namumuhi sa Kanyang mga babala ay Kanyang, sa sarili Niyang kapanahunan, tiyak na ipapahayag ang
[742] kanilang kahangalan.

## Kabanata 61—Tinanggihan si Saul

Ang kabanatang ito ay batay sa 1 Samuel 15.

Si Saul ay nagpabaya sa pagpasan sa pagsubok ng pananampalataya sa nakasusubok na sitwasyon sa Gilgal, at naghatid ng panirang puri sa paglilingkod sa Dios; subalit ang kanyang mga pagkakamali ay hindi yaong hindi na maiwawasto, at ang Panginoon ay magbibigay pa sa kanya ng isa pang pagkakataon upang matutunan ang liksyon ng hindi nag-aalinlangang pananampalataya sa Kanyang salita at pagsunod sa Kanyang mga utos.

Nang sansalain ng propeta sa Gilgal, si Saul ay hindi nakakita ng malaking pagkakasala sa landas na kanyang tinahak. Kanyang nadama na siya ay ginawan ng masama, at sinikap niyang pangatuwiranan ang kanyang ginawa, at nagbigay ng mga pagdadahilan sa kanyang pagkakamali. Mula nang panahong iyon ay nagkaroon lamang siya ng kaunting pakikipag-ugnayan sa propeta. Mahal ni Samuel si Saul na tulad sa sarili niyang anak, samantalang si Saul, na matapang at marubdob ang pag-uugali, ay mataas ang pagkilala sa propeta; subalit siya ay nagdamdam sa pagsansala ni Samuel, at mula noon ay umiwas na sa kanya hanggat maaari.

Subalit sinugo ng Panginoon ang Kanyang lingkod na may iba pang pahayag kay Saul. Sa pamamagitan ng pagsunod ay kanya pa ring mapapatunayan ang kanyang katapatan sa Dios, at ang kanyang pagiging marapat na lumakad sa harap ng Israel. Si Samuel ay dumating sa hari, at ipinahayag ang salita ng Panginoon. Upang ma- batid ng hari ang kahalagahan ng pagsunod sa utos, malinaw na ipinahayag ni Samuel na siya ay nagsasalita ayon sa ipinag-utos ng Dios, sa pamamagitan ng kapangyarihang tumawag kay Saul tungo sa trono. Wika ng propeta, "Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Aking tinandaan yaong ginawa ng Amalec sa Israel, kung paanong siya'y humadlang sa kanya sa daan, nang siya'y umahon mula sa Ehipto. Ngayo'y yumaon ka at saktan mo ang Amalec, at iyong lubos na lipulin ang buo nilang tinatangkilik, at huwag kang

[743] manghinayang sa kanila; kundi patayin mo ang lalaki at babae, sanggol at sumususo, baka at tupa, kamelyo at asno." Ang mga Amalekita ang unang nakipagdigma sa Israel sa ilang; at dahil sa kasalanang ito pati na ang kanilang paglapastangan sa Dios at ang kanilang na- kababababang pagsamba sa diyus-diyusan, ang Panginoon, sa pamamagitan ni Moises, ay nagbitiw ng hatol sa kanila. Ayon sa ipinag-utos ng Dios, ang kasaysayan ng kanilang kalupitan sa Israel ay itinala, kabilang ang utos, "Iyong papawiin ang pag-alaala sa Amalec sa silong ng langit; huwag mong lilimutin." Deuteronomio 25:19. Sa loob ng apat na raang taon ang pagsasakatuparan ng utos na ito ay ipinagpaliban; subalit ang mga Amalekita ay hindi humiwalay mula sa kanilang mga kasalanan. Alam ng Panginoon na ang masasamang mga taong ito, kung hahayaan, ang papawi sa Kanyang bayan at sa pagsamba sa Kanya mula sa lupa. Ngayon ay sumapit na ang panahon upang ang hatol, na matagal nang naipagpaliban, ay mai- sakatuparan.

Ang pagpipigil ng Dios sa mga masama, ay nagpatapang sa mga tao sa pagsalangsang; subalit ang parusa sa kanila ay gano'n pa rin katiyak at katindi sa kabila ng pagkaantala. "Sapagkat ang Panginoon ay babangon na gaya sa Bundok ng Perasim, Siya'y napopoot na gaya sa libis ng Gabaon; upang Kanyang magawa ang Kanyang gawain, ang Kanyang kakaibang gawain; at papangyarihin ang Kanyang gawain, ang Kanyang kakaibang gawain." Isaias 28:21. Sa ating mahabaging Dios ang gawain ng pagpaparusa ay isang kakaibang gawain. "Buhay Ako, sabi ng Panginoong Dios, wala Akong kasayahan sa kamatayan ng masama; kundi ang masama ay humiwalay sa kanyang lakad at mabuhay." Ezekiel 33 :11. Ang Panginoon ay "puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan,...na nagpapatawad ng kasamaan, at ng pagsalangsang, at ng kasalanan." Gano'n pa man "sa anomang paraan ay hindi aariing walang sala ang salarin." Exodo 34:6, 7. Bagamat hindi siya nalulugod sa paghihiganti, siya ay magsasa- katuparan ng hatol sa nagsisisalangsang sa Kanyang kautusan. Siya ay napipilitang gawin ito, upang iligtas ang mga naninirahan sa lupa mula sa lubos na pagkasira at pagkapahamak. Upang mailigtas ang ilan, kinakailangang alisin Niya yaong naging matigas na sa pagka- kasala. "Ang Panginoon ay banayad sa pagkagalit, at dakila sa kapangyarihan, at sa anomang paraan ay hindi

aariing walang sala ang salarin." Nahum 1:3. Sa pamamagitan ng mga kilabot na bagay sa katuwiran Kanyang pawawalan ng sala ang [744] awtoridad ng Kanyang kautusang niyurakan. At ang katotohanan ng Kanyang pag-aatubi- ling isakatuparan ang katarungan, ay nagpapatotoo sa kasamaan ng mga kasalanan na tumawag sa Kanyang mga hatol, at sa katindihan ng parusa ng naghihintay sa mananalansang.

Subalit samantalang naglalapat ng hatol, ay inaalala ng Dios ang kaawaan. Ang mga Amalecita ay kinakailangang puksain, subalit ang mga Cineo, na naninirahang kasama nila ay iniligtas. Ang mga taong ito, bagaman hindi lubos na malaya sa pagsamba sa mga diyus-diyu- san, ay mga sumasamba sa Dios, na si Hobab, na siyang sumama sa mga Israelita sa kanilang mga paglalakbay sa ilang, at dahil sa kabi- hasahan niya sa lupain ay nakapagbigay sa kanila ng malaking tulong.

Mula pa nang matalo ang Filisteo sa Michmash, si Saul ay nakipagdigma laban sa Moab, sa Ammon, at Edom, at laban sa mga Amalecita at sa mga Filisteo; at saan man niya ibaling ang kanyang sandata siya ay nagtatamo ng sariwang pagtatagumpay. Nang siya ay atasan laban sa mga Amalecita, ay kaagad niyang ipinag-utos ang pakikipagdigma. Sa sarili niyang awtoridad ay idinagdag ang awtoridad ng propeta, at sa panawagan upang makipagdigma ang mga lalaki ng Israel ay natipon sa ilalim ng kanyang sagisag. Ang gawaing ito ay hindi kinakailangang pasukin sa layuning maparangalan ang sarili; ang mga Israelita ay hindi kinakailangang tumanggap ng kara- ngalan ng pagtatagumpay ni ng mga samsam sa kanilang mga kaaway. Sila ay nakikilahok sa digmaan na pawang isang pagsunod lamang sa Dios, sa layuning maisakatuparan ang Kanyang hatol sa mga Amalecita. Layunin ng Dios na makita ng lahat ng mga bansa ang wakas ng mga taong hindi kumilala sa Kanyang kapangyarihan, at kinakailangang mabatid na sila ay pinuksa ng mga taong kanilang hinamak.

"At sinaktan ni Saul ang mga Amalecita mula sa Havila kung patungo ka sa Shur, na nasa tapat ng Ehipto. At kanyang kinuhang buhay si Agag, na hari ng mga Amalecita, at lubos na nilipol ang buong bayan ng talim ng tabak. Ngunit pinanghinayangan ni Saul at ng bayan si Agag, at ang pinakamabuti sa mga tupa, sa mga baka, at sa mga pinataba, at sa mga kordero, at lahat ng mabuti, at yaong

mga hindi nila lubos na nilipol: ngunit bawat bagay na hamak at walang kabuluhan, ay kanilang lubos na nilipol."

[745] Ang pagtatagumpay na ito laban sa mga Amalecita ang pinakamaningning na pagtatagumpay na natamo ni Saul, at ito ay nagsilbi upang muling magsindi ang pagmamalaki ng puso na pinakadakila niyang panganib. Ang iniutos ng Dios na lubos na pagpatay sa mga kaaway ng Dios ay hindi pa lubhang natutupad. Sa pagnanasang pataasin ang karangalan ng kanyang matagumpay na pag-uwi sa pamamagitan ng presensya ng isang bihag na hari, si Saul ay nangahas na tularan ang ugali ng mga bansa sa palibot niya, at itinira si Agag, ang mabagsik at mapagdigmang hari ng mga Amalecita. Itina- bi ng bayan para sa kanilang sarili ang pinakamabuti sa mga alagang hayop, mga tupa, at mga baka, na binibigyan dahilan ang kanilang kasalanan, sa kaisipan na ang mga baka ay inilalaan sa paghahandog na hain sa Panginoon. Layunin nila, gano'n pa man, ang gamitin ang mga ito na pawang panghalili, upang mailigtas ang sarili nilang mga baka.

Si Saul ngayon ay nasa ilalim na ng huling pagsubok. Ang kanyang mapangahas na pagpapabaya sa kalooban ng Dios, na nagpapahayag ng kanyang kapasyahan na maghari bilang isang nakabukod na hari, ay nagpapatunay na hindi maaaring maipagkatiwala sa kanya ang kapangyarihan ng isang hari na kinatawan ng Panginoon. Samantalang si Saul at ang kanyang hukbo ay nagmamartsa pauwi na puno ng tagumpay, mayroong malalim na kalungkutan sa tahanan ni Samuel na propeta. Siya ay tumanggap ng pahayag mula sa Panginoon, na nagsasalita ng laban sa ginawa ng hari: "Ikinalungkot Ko na Aking inilagay na hari si Saul; sapagkat siya'y tumalikod na hindi sumunod sa Akin, at hindi tinupad ang Aking mga utos." Lungkot na lungkot ang propeta sa ginawa ng mapanghimagsik na hari, at siya'y lumuha at nanalangin buong magdamag upang baguhin ang isang kilabot na hatol.

Ang pagsisisi ng Dios ay hindi tulad sa pagsisisi ng tao. "Ang lakas ng Israel naman ay hindi magbubulaan o magsisisi man; sapagkat Siya'y hindi isang tao na magsisisi." Ang pagsisisi ng tao ay nangangahulugan ng pagpapalit ng iniisip. Ang pagsisisi ng Dios ay nangangahulugan ng pagpapalit ng mga pangyayari at ng mga relasyon. Maaaring baguhin ng tao ang kanyang relasyon sa Dios sa pamamagitan ng pagganap sa mga kondisyon na sa pama-

magitan noon siya ay nagiging kalugod-lugod sa Dios, o maaaring, sa pamamagitan ng sarili niyang kagagawan, ay ilagay ang kanyang sarili sa labas ng kondisyon ng pagiging kalugod-lugod; subalit ang [746] Panginoon ay Siya ring "kahapon at ngayon, oo at magpakailan man." Hebreo 13:8. Ang pagsuway ni Saul ay nagbago sa kanyang relasyon sa Dios; subalit ang mga kondisyon ng pagiging katang-gap- tanggap sa Dios ay hindi nababago—ang mga ipinag-uutos ng Dios ay iyon pa ring dati, sapagkat sa Kanya ay "walang pagbabago, ni kahit anino man ng pag-iiba." Santiago 1:17.

Nagdadalamhati ang puso na gumayak ang propeta kinaumagahan upang makipagtagpo sa nagkasalang hari. Inibig ni Samuel ang isang pag-asa na, sa pagmunimuni, ay maaaring mabatid ni Saul ang kanyang kasalanan, at sa pamamagitan ng pagsisisi at pagpapakumbaba, ay muling maisauli sa pagiging kalugod-lugod sa Dios. Subalit kapag ang unang hakbang ay naisagawa sa landas ng pagsalangsang, ang landas ay nagiging madali. Si Saul na pinababa na ng kanyang pagsuway, ay nakipagtagpo kay Samuel na mayroong pagsisinungaling sa kanyang mga labi. Pahayag niya, "Pagpalain ka nawa ng Panginoon, aking tinupad ang utos ng Panginoon."

Ang mga narinig ng tainga ng propeta ay nagpabulaan sa pahayag ng masuwaying hari. Sa matuwid na tanong, "Anong kahulugan nga nitong iyak ng tupa sa aking pakinig, at ng ungal ng mga baka na aking naririnig?" Si Saul ay sumagot, "Sila'y dinala mula sa mga Amalecita: sapagkat ang bayan ay nagligtas ng pinakamabuti sa mga tupa at sa mga baka, upang ihain sa Panginoon mong Dios; at ang natira ay aming lubos na nilipol." Sinunod ng bayan ang mga ipinag- utos ni Saul; subalit upang pagtakpan ang kanyang sarili, siya ay ihandang singilin sa kanila ang kasalanan ng paglabag.

Ang pahayag tungkol sa pagtanggi kay Saul ay naghatid ng hindi mabigkas na kalungkutan sa puso ni Samuel. Iyon ay kinakailangang maparating sa buong hukbo ng Israel, samantalang sila ay puno ng pagmamalaki at kagalakan sa pagtatagumpay na itinuturing na bunga ng kagitingan at mahusay na pamumuno ng kanilang hari, sapagkat hindi ni Saul iniuugnay ang Dios sa pagtatagumpay ng Israel sa labanang ito; subalit nang makita ng propeta ang katibayan ng pang- hihimagsik ni Saul, siya ay nagkaroon ng galit, na siya, na lubhang kinalugdan ng Dios, ay sasalangsang sa kautusan ng langit, at mag- aakay sa Israel tungo sa pagkakasala. Si Samuel ay

hindi nadaya ng pagkukunwari ng hari. May magkahalong lungkot at galit na kanyang ipinahayag. "Tumigil ka, at aking sasaysayin sa iyo kung ano ang sinabi ng Panginoon sa akin nang gabing ito....
[747] Bagaman ikaw ay maliit sa iyong sariling paningin, hindi ka ba ginawang pangulo sa mga lipi ng Israel? At pinahiran ka ng langis ng Panginoon na maging hari sa Israel?" Binanggit niyang muli ang ipinag-utos ng Panginoon tungkol sa Amalec, at humingi ng dahilan ng pagsuway ng hari.

Si Saul ay nagmatigas sa pagmamatuwid sa sarili: "Oo, aking sinu- nod ang tinig ng Panginoon, at ako'y yumaon sa daan na pinagsu- guan sa akin ng Panginoon, at aking dinala si Agag na hari ng Amalec, at aking lubos na nilipol ang mga Amalecita. Ngunit ang bayan ay kumuha sa samsam ng mga tupa at mga baka, ng pinakamabuti sa mga itinalagang bagay, upang ihain sa Panginoon mong Dios sa Gilgal."

Sa mahigpit at solemneng mga pananalita ay binaliwala ay pinawi ng propeta ang mga pinagkukubliang mga kasinungalingan at binanggit ang hindi na mababagong hatol: "Nagtataglay kaya ang Panginoon ng napakadakilang pagkatuwa sa mga handog na susunugin at sa mga hain, na gaya sa pagsunod ng tinig ng Panginoon? Narito, ang pagsunod ay maigi kay sa hain, at ang pagdinig kay sa taba ng mga tupang lalaki. Sapagkat ang panghihimagsik ay gaya ng kasalanan ng panghuhula, at ang katigasan ng ulo ay gaya ng pagsamba sa mga diyus-diyusan at sa mga serapin. Sapagkat dahil sa iyong itinakwil ang salita ng Panginoon, ay kanya namang itinakwil ka upang huwag ka nang maging hari."

Nang marinig ng hari ang kilabot na hatol na ito ay kanyang isinigaw, "Ako'y nagkasala; sapagkat ako'y natakot sa bayan, at sumunod sa kanilang tinig." Sa takot sa panunuligsa ng propeta, inamin ni Saul ang kanyang kasalanan na nang una ay may katigasan niyang itinatanggi; subalit siya ay nanatili pa rin sa paninisi sa bayan, na sinasabing siya ay nagkasala dahil sa takot sa kanila.

Iyon ay hindi pagkalungkot dahil sa kasalanan, kundi takot sa ka- parusahan noon, na kumilos sa hari ng Israel samantalang siya ay nakikiusap kay Samuel, "Isinasamo ko sa iyo, ipatawad mo ang aking kasalanan, at bumalik ka uli na kasama ko upang sumamba sa Panginoon." Kung si Saul ay nagkaroon ng tunay na pagsisisi, ginawa sana niyang hayag ang pagisisi ng kanyang kasalanan; subalit

ang pangunahing pinangangambahan niya ay ang mapanatili ang kanyang awtoridad at panatilihin ang pagsunod ng bayan. Ninais niya ang karangalan ng presensya ni Samuel upang palakasin ang sarili niyang impluwensya sa bansa. [748]

"Hindi ako babalik na kasama mo," ang sagot ng propeta: "sapagkat iyong itinakwil ang salita ng Panginoon, at itinakwil ka ng Panginoon upang huwag ka nang maghari sa Israel." Nang si Samuel ay tumalikod upang umalis, ang hari, sa kalakihan ng kanyang takot, ay kumapit sa kanyang balabal upang siya ay pigilan, subalit iyon ay napunit sa kanyang mga kamay. Dahil dito, ang propeta ay nagpahayag, "Pinunit sa iyo ng Panginoon ang kaharian ng Israel sa araw na ito, at ibinigay sa iyong kapwa, na maigi kay sa iyo."

Si Saul ay higit na nabahala sa paghiwalay ni Samuel kaysa sa hindi pagkalugod ng Dios. Alam niya na ang bayan ay may higit na pagtiti- wala sa propeta kaysa kanya. Kung mayroong iba, ayon sa ipag-utos ng Dios na ngayon ay pahirang hari, nadama ni Saul na hindi na maaaring papanatilihin ang sarili niyang kapangyarihan. Pinangam- bahan niya ang isang madaliang paghihimagsik kung siya ay lubos nang iiwan ni Samuel. Si Saul ay nakiusap sa propeta upang paranga- lan siya sa harap ng mga matanda at ng bayan sa pamamagitan ng isang pangmadlang pagsama sa kanya sa isang serbisyong panrelihiyon. Sa pagpatnubay ng Dios si Samuel ay sumang-ayon sa kahilingan ng hari, upang hindi magkaroon ng dahilan para sa isang paghihimagsik. Subalit nanatili lamang siya bilang isang matahimik na saksi sa serbisyo.

Isang pagkilos ng katarungan, na mahigpit at kilabot, ang kinakai- langan pang maisakatuparan. Kinakailangang sa madia ay ipawalang sala ni Samuel ang karangalan ng Dios at kagalitan ang ginawa ni Saul. Kanyang ipinag-utos na ang hari ng mga Amalecita ay dalhin sa harap niya. Higit sa lahat ng namatay sa pamamagitan ng tabak ng Israel, si Agag ang naging pinaka walang habag; isang may galit at nagsikap puksain ang bayan ng Dios, at ang impluwensya ay naging pinakamalakas upang itanyag ang pagsamba sa mga diyus-diyusan. Siya ay dumating ayon sa ipinag-utos ng propeta, na iniisip sa kanyang sarili na ang panganib ng kamatayan ay lipas na. Ipinahayag ni Samuel, "kung paanong niwalan ng anak ng iyong tabak ang mga babae, ay magiging gayon ang iyong ina ng mawawalan ng anak, sa gitna ng mga babae. At pinagputolputol ni

Samuel si Agag sa harap ng Panginoon." Nang ito ay magawa, si Samuel ay umuwi sa kanyang tahanan sa Rama, si Saul sa kanyang tahanan sa Sabas. Minsan na lamang mula noon ang propeta at ang
[749] hari ay nagkita pang muli.

Nang tawagin tungo sa trono, si Saul ay may mapagpakumbabang kaisipan tungkol sa sarili niyang mga kakayanan, at handa upang maturuan. Siya ay kulang sa kaalaman at sa karanasan at mayroong matinding kahinaan ang likas. Subalit ipinagkaloob sa kanya ng Panginoon ang Banal na Espiritu bilang isang patnubay at katulong, at inilagay siya sa isang kalagayan na kung saan siya ay maaaring magkaroon ng mga katangian na kailangan sa isang hari ng Israel. Kung siya lamang ay nanatiling mapagpakumbaba, na palaging sinisikap na mapatnubayan ng karunungan ng Dios, sana ay binigyan siya ng kapangyarihan upang maisagawa ang kanyang mga tungkulin sa isang mataas na kalagayan ng pagtatagumpay at karangalan. Sa ilalim ng impluwensya ng biyaya ng Dios ang bawat mabuting katangian sana ay napalakas, samantalang ang mga masamang kinahi- hiligan ay nawalan ng kapangyarihan. Ito ang gawaing iniaalok na gagawin ng Panginoon sa lahat ng nagtatalaga ng kanilang sarili sa kanya. Marami ang tinawagan niya sa mga tungkulin sa Kanyang gawain sapagkat sila ay may espiritung mapagpakumbaba at mada- ling turuan. Sa kanyang awa at pagtulong Kanyang inilalagay sila kung saan sila ay maaaring matuto tungkol sa Kanya. Kanyang iniha- hayag sa kanila ang kahinaan ng kanilang pagkatao, at sa lahat ng humihiling sa Kanyang tulong Siya ay nagbibigay ng lakas upang maitama ang kanilang mga pagkakamali.

Subalit si Saul ay nangahas sa pagkakataas sa kanya, at nilapastangan ang Dios sa pamamagitan ng pagsuway at hindi paniniwala. Bagaman sa simula nang pagkatawag sa kanya sa trono siya ay mapagpakumbaba at hindi mapagtiwala sa sarili. Ang kauna-unahang pagtatagumpay sa kanyang paghahari ang nagpaapoy sa pagmamalaki ng puso na kanyang pinakamalaking panganib. Ang tapang at kahusayang pang-militar na nahayag sa pagliligtas sa Jabes-galaad ay pumukaw sa paghanga ng buong bayan. Pinarangalan ng bayan ang kanilang hari, kinalimutan na siya lamang ay pawang kasangkapan na sa pamamagitan niya ang Dios ay gumawa; at bagaman sa simula ay ipinalagay niya ang kaluwalhatian sa Dios, makalipas iyon ay kinuha niya ang karangalan para sa kanyang sarili. Hindi

na niya nakita ang kanyang pagpapatulong sa Dios, at sa puso ay lumayo na sa Panginoon. Kaya't naihanda ang daan para sa una niyang kasalanan ng kapangahasan at kalapastanganan sa Gilgal. Ang bulag ding iyon na pagtitiwala sa sarili ay umakay sa kanya upang tanggihan ang pagsansala ni Samuel. [750]

Kinikilala ni Saul ni Samuel bilang isang propetang sugo ng Dios; kaya't dapat sana ay tinanggap niya ang pagsansala, bagaman hindi niya makita sa kanyang sarili na siya ay nagkasala. Kung siya lamang ay naging handa upang makita at pagsisihan ang kanyang pagkakamali, ang mapait na karanasang ito ay naging isa sanang pananggalang sa hinaharap.

Kung ang Panginoon sa pagkakataong iyon ay lubos na humiwalay kay Saul, hindi na sana siya nagsalita sa kanya sa pamamagitan ng kanyang propeta, na ipinagkatiwala sa kanya ang isang gawaing ga- gampanan, upang kanyang maituwid ang mga pagkakamali sa naka- raan. Kapag ang isang nag-aangking anak ng Dios ay naging pabaya sa pagsunod sa kanyang kalooban, at dahil doon ay nakakaimplu- wensya sa iba upang mawalan ng galang at hindi na makinig sa mga ipinag-uutos ng Panginoon, maaari pa ring maibalik ang kanyang mga pagpapabaya tungo sa mga tagumpay kung kanyang tatangga- pin ang pagsansala na may tunay na pagsisisi ng kaluluwa at manu- numbalik sa Dios na may pagpapakumbaba at pananampalataya. Ang kahihiyan at pagkatalo ay malimit nagiging isang pagpapala sa pamamagitan ng pagpapakita sa atin ng kawalan natin ng kakayanan na maisakatuparan ang kalooban ng Dios na wala ang kanyang tulong.

Nang tinanggihan ni Saul ang pagsansalang pinarating sa kanya sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios at ipinagpilitan ang kanyang may katigasan ang ulong pagmamatuwid sa sarili, kanyang tinanggihan ang natatanging paraan na sa pamamagitan noon ang Dios ay maaaring gumawa upang iligtas siya mula sa kanyang sarili. Tinikis niyang ihiwalay ang kanyang sarili mula sa Dios. Hindi siya maaaring makatanggap ng tulong ng Dios o ng pagpatnubay malibang siya'y manumbalik sa Dios sa pamamagitan ng pagsisisi ng kanyang kasalanan.

Sa Gilgal, si Saul ay nagpakita ng isang tila malaking pagtatapat, samantalang siya'y nakatayo sa harap ng hukbo ng Israel na nag-aalay ng hain sa Dios. Subalit ang kanyang kabanalan ay hindi tunay.

Ang isang serbisyong panrelihiyon na isinasagawa sa isang tuwirang paglabag sa kautusan ng Dios ay naging kasangkapan lamang upang mapahina ang mga kamay ni Saul, at inilagay siya sa hindi maaabot ng tulong na handang-handa ang Dios na ipagkaloob sa kanya.

Sa kanyang ekspidisyon laban sa Amalec, inisip ni Saul na [751] ginawa na niya ang lahat ng dapat gawin sa ipinag-utos sa kanya ng Panginoon; subalit ang Panginoon ay hindi nalulugod sa hindi ganap na pagsunod, ni hindi Siya handa upang palampasin ang pagsuway dahil sa isang magandang layunin. Hindi binigyan ng Dios ang tao ng kalayaan na humiwalay mula sa Kanyang mga ipinag-uutos. Ipinahayag ng Panginoon sa Israel, "Huwag ninyong gagawin...ang ma- galingin ng bawat isa sa kanyang paningin;" "kundi inyong susundin at didinggin ang lahat ng mga salitang ito na iniutos Ko sa inyo." Deuteronomio 12:8, 28. Sa pagpapasya tungkol sa anumang gagawin hindi natin dapat itanong kung tayo ay may nakikitang makasasakit na ibubunga noon, kundi kung iyon ay kasang-ayon ng kalooban ng Dios. "May daan na tila matuwid sa isang tao, ngunit ang dulo niyaon ay mga daan ng kamatayan." Kawikaan 14:12.

"Ang pagsunod ay maigi kay sa hain." Ang mga handog na hain sa ganang kanilang sarili ay walang halaga sa paningin ng Dios. Ang mga iyon ay iginayak upang bigkasin sa bahagi ng naghahain ang pagsisisi sa kasalanan at pananampalataya kay Kristo at upang maipa- ngako ang pagiging masunurin sa kautusan ng Dios sa hinaharap. Subalit kung walang pagsisisi, walang pananampalataya, at walang masunuring puso, ang mga handog ay walang halaga. Nang, sa isang tuwirang paglabag sa ipinag-utos ng Dios, si Saul ay nag-alok na magkakaloob ng isang hain mula doon sa itinalaga ng Dios sa pagka- lipol, isang hayagang paghamak sa kapangyarihan ng Dios ang ipi- nakita. Ang serbisyo ay naging isang pag-alipusta sa Langit. Gano'n pa man sa kabila ng pagkakasala ni Saul at ng bunga noon sa harap natin, kay rami ng tumatahak sa gano'n ding landas. Samantalang sila ay tumatangging maniwala at sumunod sa ilan sa mga ipinag- uutos ng Panginoon, matiyaga nilang inihahandog sa Dios ang kanilang pormal na mga serbisyong panrelihiyon. Walang tugon ng Espiritu ng Dios sa gano'ng serbisyo. Gaano man maging kasigasig ang mga tao sa kanilang pagtupad sa mga seremonyang panrelihiyon, sila ay hindi maaaring matanggap ng Panginoon kung

sila ay mananatili sa nababatid na paglabag sa isa sa Kanyang mga ipinag- uutos.

"Ang panghihimagsik ay gaya ng kasalanan ng panghuhula, at ang katigasan ng ulo ay gaya ng pagsamba sa mga diyus-diyusan." Ang panghihimagsik ay nagsimula kay Satanas, at lahat ng panghihimagsik laban sa Dios ay tuwirang dahil sa impluwensya ni Satanas. Yaong mga inilalagay ang kanilang mga sarili laban sa pamahalaan ng Dios ay pumapasok sa isang pakikiisa sa pinuno ng pagtalikod, at [752] kanyang gagamitin ang kanyang kapangyarihan at katusuhan upang mabihag ang mga pandama at iligaw ang pang-unawa. Papangyarihin niya na ang lahat ay makita sa isang huwad na liwanag. Tulad sa ating unang mga magulang, yaong nasa ilalim ng kanyang nakagagayumang pan- lilinlang ay nakikita lamang ang dakilang mga kapakinabangan ng pagsuway.

Walang mas makapangyarihang katibayan ang maibibigay tungkol sa kapangyarihang manlinlang ni Satanas kaysa doon sa marami na sa ganong paraan ay inakay niya ay dinaya ang kanilang mga sarili sa paniniwala na sila ay nasa paglilingkod sa Dios. Nang si Kore, Dathan, at Abiram ay naghimagsik laban sa awtoridad ni Moises, inakala nila na sila ay tumututol lamang sa isang pinunong tao, isang lalaki na katulad nila; at sila'y naniwala na tunay na naglilingkod sa Dios. Subalit sa pagtanggi sa piniling kasangkapan ng Dios, kanilang tinanggihan si Kristo; kanilang ininsulto ang Espiritu ng Dios. Gano'n din naman, noong panahon ni Kristo, ang mga Hudyong eskriba at mga matanda, na nag-aangkin ng malaking kasigasigan para sa karangalan ng Dios, ipinako ang Kanyang Anak. Ang gano'n ding espiritu ang nasa mga puso noong iginagayak ang kanilang mga sarili sa pagsunod sa sarili nilang kalooban sa paglaban sa kalooban ng Dios.

Si Saul ay may pinaka sapat na katibayan na si Samuel ay kinasihan ng Dios. Ang kanyang pangangahas na baliwalain ang ipinag-utos ng Dios sa pamamagitan ng propeta ay laban sa idinidikta ng matuwid na pag-iisip at mahusay na pagpapasya. Ang kanyang nakamamatay na kapangahasan ay kinakailangang ipalagay sa pangkukulam ni Satanas. Si Saul ay nagpahayag ng malaking kasigasigan sa pakpuksa sa pagsamba sa mga diyus-diyusan at sa pangkukulam; gano'n pa man sa kanyang pagsuway, kanyang idinagdag ang katigasan ng ulo sa panghihimagsik. Hindi sana siya

nakagawa ng mas malaking pang- iinsulto sa Espiritu ng Dios kung hayagan siyang nakiisa sa mga sumasamba sa mga diyus-diyusan.

Isang mapanganib na hakbang ang magbaliwala sa mga panunumbat at mga babala ng salita ng Dios o ng Kanyang Espiritu. Marami, tulad ni Saul, ay sumasangayon sa tukso hanggang sa sila ay maging bulag sa tunay na likas ng kasalanan. Kanilang nililinlang ang kanilang sarili na sila ay may mabuting layuning tinatanaw, at walang maling ginagawa sa paghiwalay mula sa mga ipinag-uutos
[753] ng Panginoon. Sa gano'ng paraan ay kanilang iniinsulto ang Espiritu ng biyaya, hanggang sa ang tinig niyaon ay hindi na maririnig, at sila ay naiiwan sa mga kasinungalingan na kanilang pinili.

Kay Saul, ang Dios ay nagbigay sa Israel ng isang hari ayon sa kanilang sariling puso, gaya ng pagkakasabi ni Samuel nang ang kaharian ay itinalaga kay Saul sa Gilgal. "Masdan ninyo ang hari na inyong pinili, at siya ninyong hiningi." 1 Samuel 12:13. Kaakit-akit ang hitsura, may marangal na tindig at makahari ang anyo, ang kanyang hitsura ay ayon sa kanilang iniisip na karingalan ng hari; at ang kanyang pansariling katapangan at kakayanan sa pamumuno sa mga hukbo ay mga katangian na kanilang itinuturing na pinakamabuti upang makuha ang paggalang at pagpaparangal mula sa ibang mga bansa. Hindi nila lubhang ikinabahala na kinakailangang ang kanilang hari ay magkaroon noong higit na mataas na mga katangian na siya lamang magpapaging angkop sa kanya upang makapaghari na may kahatulan at katarungan. Hindi sila humingi ng isa na mayroong tunay na marangal na pagkatao, na mayroong pag-ibig at pagkatakot sa Dios. Sila ay hindi humingi ng payo mula sa Dios tungkol sa mga katangian na kinakailangang mapasa isang hari, u- pang maingatan ang kanilang, naiiba, at banal na likas bilang kanyang piniling bayan. Hindi nila hinanap ang kaparaanan ng Dios, kundi ang sarili nilang kaparaanan. Kaya't ibinigay ng Dios sa kanila ang hari na kanilang hinihingi—isa na ang pagkatao ay larawan ng sa kanila. Ang kanilang mga puso ay hindi nakasuko sa Dios, at ang kanilang hari ay wala sa ilalim ng biyaya ng Dios. Sa ilalim ng pamumuno ng haring ito sila ay magkakaroon ng karanasang kaila- ngan upang kanilang makita ang kanilang pagkakamali, at manum- balik sa pagtatapat sa Dios.

Gano'n pa man, sapagkat nailagay na kay Saul ang responsibilidad ng kaharian, ay hindi siya iniwan ng Panginoon sa kanyang

sarili. Pinapangyari niyang ang Banal na Espiritu ay manahan kay Saul upang ipahayag sa kanya ang sarili niyang kahinaan at ang kanyang pangangailangan ng biyaya ng Dios; at kung si Saul ay umasa lamang sa Dios, ang Dios sana ay sumakanya. Samantalang ang kanyang kalooban ay napapangasiwaan ng kalooban ng Dios, samantalang siya'y sumasangayon sa disiplina ng Kanyang Espiritu, maaari ng Dios putungan ng tagumpay ang kanyang mga pagsisikap. Subalit nang piliin ni Saul ang gumawa na hiwalay sa
Dios, ang Panginoon ay hindi na niya maaaring maging patnubay, [754]
at napilitang siya ay isa- isang tabi. At siya ay tumawag para sa trono "ng isang lalaking ayon sa Kanyang sariling puso" (1 Samuel 13:14)—hindi yaong walang kapintasan ang pagkatao, kundi yaong, sa halip na magtiwala sa sarili, ay magtitiwala sa Dios, at mapapatnubayan ng Kanyang Espiritu; isa na kapag nagkasala, ay tatanggap
ng pagsansala at pagtutuwid. [755]

# Kabanata 62—Ang Pagpapahid kay David

Ang kabanatang ito ay batay sa 1 Samuel 16:1-13.

Ilang milya ang layo sa timog ng Jerusalem, "ang lungsod ng dakilang Hari," ay naroon ang Bethlehem, kung saan si David, na anak ni Isai, ay ipinanganak mahigit na isang libong taon bago ang sanggol na si Jesus ay isinilang sa isang sabsaban at sinamba ng mga pantas na lalaki mula sa Silangan. Daan-daang mga taon bago dumating ang Tagapagligtas, si David, sa kasariwaan ng pagkabata, ay nagbabantay sa kanyang mga tupa samantalang sila'y nangingi-nain sa mga burol na nakapaligid sa Bethlehem. Ang ordinaryong pastol na bata ay umaawit ng mga himig na kanyang kinatha, at ang musiko ng kanyang alpa ay lumilikha ng matamis na pagsabay sa himig na kanyang sariwa at batang tinig. Pinili ng Panginoon si David, at siya'y inihahanda, sa kanyang tahimik na buhay na kasama ng kanyang mga tupa, para sa gawain na Kanyang pinanukalang ipagkati- wala sa kanya sa darating na mga taon.

Samantalang si David ay gano'ng namumuhay sa pahingahan ng kanyang abang buhay ng isang pastol, ang Panginoong Dios ay nag- sasalita ng tungkol sa kanya kay propetang Samuel. "At sinabi ng Panginoon kay Samuel, Hanggang kailan pananangisan mo si Saul yamang Aking itinakwil siya na maging hari sa Israel? Punuin mo ng langis ang iyong sungay, at ikaw ay yumaon, susuguin kita kay Isai na Bethlehemita: sapagkat Ako'y naglaan sa kanyang mga anak ng isang hari.... Magdala ka ng isang dumalagang baka, at iyong sabihin, Ako'y naparito upang maghain sa Panginoon. At tawagin mo si Isai sa paghahain at aking ituturo sa iyo kung ano ang iyong gagawin; at iyong papahiran sa Akin yaong sa iyo'y Aking sabihin. At ginawa ni Samuel ang sinalita ng Panginoon at naparoon sa Bethlehem. At ang mga matanda sa bayan ay naparoon upang salubungin siya na nagsisipanginig, at nagsabi, Naparito ka bang may kapayapaan? At kanyang sinabi, May kapayapaan." Tinanggap ng mga matanda ang paanyaya para sa paghahain at tinawag din ni

Samuel si Isai at ang kanyang mga anak na lalaki. Ang dambana ay itinayo at ang hain ay handa na. Ang buong sambahayan ni Isai ay [756] naroroon, liban lamang kay David, ang bunsong anak, na naiwan upang magbantay sa mga tupa, sapagkat hindi ligtas noon ang mga kawan na iwan na walang nagbabantay.

Nang matapos ang paghahain, at bago dumulog sa piging ukol sa handog, sinimulan ni Samuel ang pagsisiyasat sa marangal ang mga hitsura na mga anak ni Isai. Si Eliab ang panganay, at higit na katulad ni Saul sa tindig at sa pagiging kaakit-akit kay sa iba. Ang kanyang mga nakakaakit na katangian at mahusay ang pagkakahugis na anyo ay nakaakit sa pansin ng propeta. Samantalang si Samuel ay nakatingin sa kanyang makaharing tindig, inisip niya, "Tunay na ito ang lalaking pinili ng Dios na hahalili kay Saul," at siya ay naghintay sa pagsang-ayon ng Dios upang kanyang mapahiran siya. Subalit si Jehova ay hindi tumitingin sa panglabas na anyo. Si Eliab ay walang pagkatakot sa Panginoon. Kung siya ay tawagan sa trono, siya ay magiging mapagmalaki, at malupit na pinuno. Ang sinabi ng Panginoon kay Samuel ay, "Huwag mong tingnan ang kanyang muk- ha, o ang taas ng kanyang kataasan; sapagkat aking itinakwil siya: sapagkat hindi tumitingin ang Panginoon na gaya ng pagtingin ng tao: sapagkat ang tao ay tumitingin sa mukha, ngunit ang Panginoon ay tumitingin sa puso." Walang panglabas na kagandahan ang maka- pagrerekomenda ng kaluluwa sa Dios. Ang karunungan at kahusayan na nahahayag sa pagkatao at sa kilos, ay naghahayag ng tunay na kagandahan ng tao; at iyon ang panloob na katangian, ang kahusayan ng puso, ang pinagbabatayan ng ating pagiging katanggap-tang- gap sa Panginoon ng mga hukbo. Kay lalim ng kinakailangang maging pagkadama sa katotohanang ito sa paghatol sa ating sarili at sa iba. Maaaring matutunan natin mula sa pagkakamali ni Samuel kung paanong walang kabuluhan ang pagkilala na nakasalalay sa kagandahan ng mukha o sa karilagan ng tindig. Maaari nating makita kung paanong hindi makakayanan ng karunungan ng tao na maunawaan ang mga lihim ng puso o maunawaan ang mga payo ng Dios na walang espesyal na kaliwanagan mula sa langit. Ang mga pag-iisip at mga paraan ng Dios sa pakikiugnay sa Kanyang mga nilikha ay higit sa naaabot ng ating may hangganang mga pag-iisip; subalit tayo ay maaaring makatiyak na ang Kanyang mga anak ay dadalhin upang punuan ang lugar na

kung saan sila ay handa, at maaaring mabigyan ng kakayanan upang
[757] magampanan ang gawaing ipinagkatiwala sa kanilang mga kamay
[758] kung sila'y magpapasakop sa kalooban ng Dios, upang ang Kanyang
mga mapagpalang mga panukala ay huwag mabigo dahil sa kalikuan
[759] ng tao.

Natapos ang pagsusuri ni Samuel kay Eliab, at anim na mga kapatid na naroroon sa serbisyo ay sunod-sunod na inobserbahan ng propeta; subalit hindi nagpahayag ang Panginoon ng Kanyang pinili sa sinuman sa kanila. May masakit na pagkabalisa na si Samuel ay tumingin sa kahulihang lalaki; ang propeta ay nag-aalinlangan at naguguluhan. Nagtanong siya kay Isai, "Narito ba ang iyong lahat na anak?" Ang ama ay sumagot, "natitira pa ang bunso, at, narito, siya'y nag-aalaga sa mga tupa." Ipinag-utos ni Samuel na siya ay tawagin, na sinabi, "hindi tayo uupo hanggang sa siya'y dumating dito."

Ang nag-iisang pastol ay nagulat sa hindi inaasahang pagtawag ng sugo, na nagsabing ang propeta ay dumating sa Bethlehem at siya ay ipinatatawag. May pagtataka niyang itinanong kung bakit ang propeta at hukom ng Israel ay magnanais na makita siya; subalit walang pag- aatubiling siya ay sumunod sa tawag. "Siya nga'y may mapulang pisngi, may magandang bikas, at mabuting anyo." Samantalang si Samuel ay tumitingin na may kaluguran ang magandang lalaki at matipuno, na pangkaraniwang batang pastol, ang tinig ng Panginoon ay nagsalita sa propeta na nagsasabi, "Tumindig ka: pahiran mo siya ng langis, sapagkat ito nga." Si David ay naging matapang at tapat sa kanyang mababang tungkulin ng isang pastol, at ngayon siya ay pinili ng Panginoon upang maging prinsipe ng Kanyang bayan. "Nang magkagayo'y kinuha ni Samuel ang sungay ng langis, at pinahiran siya mula sa gitna ng kanyang mga kapatid: at ang Espiritu ng Panginoon ay makapangyarihang suma kay David mula sa araw na yaon hanggang sa haharapin." Nagampanan na ng propeta ang ga- waing itinakda sa kanya, at may isang naginhawahang puso siya ay bumalik sa Rama.

Hindi ni Samuel ipinaalam ang kanyang layunin maging sa sambahayan ni Isai, at ang seremonya ng pagpapahid kay David ay isinagawa ng lihim. Iyon ay isang pahiwatig sa kabataan tungkol sa mataas na kahihinatnang naghihintay sa kanya, upang sa kalagitnaan ng lahat ng iba't ibang mga karanasan at panganib sa darating niyang

mga taon, ang kaalamang ito ay maaring magpasigla sa kanya upang maging tapat sa layunin ng Dios na matupad sa pamamagitan ng [760] kanyang buhay.

Ang malaking karangalan na ipinagkaloob kay David ay hindi nag- palaki sa kanyang ulo. Sa kabila ng mataas na tungkulin na kanyang gaganapin, matahimik niyang ipinagpatuloy ang kanyang gawain, nasisiyahang maghintay sa pagsulong ng mga panukala ng Panginoon sa Kanyang sariling panahon at kaparaanan. Mapagpakumbaba at kaakit-akit pa ring tulad ng dati, ang batang pastol ay bumalik sa mga burol at nagmasid at nag-ingat sa kanyang kawan na sing bait pa rin ng dati. Subalit may bagong inspirasyon siyang kumatha ng kanyang mga himig at tumugtog ng kanyang alpa. Sa harap niya ay nakalatag ang isang tanawin ng mayaman at iba't ibang kagandahan. Ang mga baging ng ubas, at ang kanilang kumpul-kumpol na mga bunga, na naliliwanagan ng sikat ng araw. Ang mga kakahuyan sa gubat, at ang kanilang luntiang mga dahon, na kumakaway sa hihip ng hangin. Pinagmasdan niya ang araw na nagpapabaha ng liwanag sa kalangitan, na lumalabas na parang lalaking nagagayakan sa kasal na lumalabas mula sa kanyang silid at nagagalak na parang isang malakas na lalaki na tatakbo sa isang takbuhin. Naroon ang mata- tapang na mga tuktok ng mga burol na umaabot hanggang sa kalawakan; sa malayong dako ay nagtataasan ang mga hubad na mga bangin sa mga gilid ng bundok ng Moab; higit sa lahat ay nakalatag ang nananariwang asul na kalangitang nakabalantok. At sa ibayo ay ang Dios. Hindi niya Siya nakikita, subalit ang kanyang mga gawa ay puno ng papuri sa kanya. Ang liwanag ng araw, na naglalagay ng manipis na kulay ginto sa mga kakahuyan at bundok, pastulan at batis, dinadala ang pag-iisip upang makita ang Ama ng mga liwanag, ang May Akda ng bawat mabuti at sakdal na kaloob. Araw-araw na pagpapahayag ng likas at karilagan ng kanyang Manlalalang ay pu- muno sa puso ng batang makata ng pagsamba at kagalakan. Sa pagmumuni-muni sa Dios at sa kanyang mga gawa ang mga kapangyarihan ng pag-iisip at puso ni David ay lumalago at lumalakas para sa kanyang gawain sa buhay sa hinaharap. Araw-araw siya ay sumasapit sa isang mas malapit na pakikipag-ugnayan sa Dios. Ang kanyang isip ay patuloy na pumapasok sa mga bagong kalaliman para sa mga sariwang paksa na makapagpapasigla sa kanyang awit at pumukaw

sa tunog ng kanyang alpa. Ang mayamang himig ng kanyang tinig na ibinubuhos sa hangin, at umaalingawngaw sa mga burol na tila
[761] tumutugon sa masayang mga awit ng mga anghel sa langit.

Sino ang makasusukat sa bunga ng mga taon ng pagpapagal at paglalagalag sa malungkot na mga burol? Ang pakikipag-ugnayan sa kalikasan at sa Dios, ang pangangalaga sa kanyang mga kawan, ang mga panganib at ang mga pagkakaligtas, at mga kagalakan at kalung- kutan, ng kanyang abang kalagayan, ay hindi lamang huhubog sa likas ni David at makakaimpluwensya sa buhay niya sa hinaharap, kundi sa pamamagitan ng mga awit ng matamis na mang-aawit ang mga iyon ay sa lahat ng darating na mga kapanahunan ay pupukaw ng pag-ibig at pananampalataya sa puso ng bayan ng Dios, na inilalapit sila sa patuloy na nagmamahal na puso Niya na sa Kanya ang lahat ng Kanyang mga nilikha ay nabubuhay.

Si David, sa ganda at lakas ng kanyang batang pagkalalaki, ay naghahanda upang humawak ng isang mataas na tungkulin na kabilang sa pinakamarangal sa lupa. Ang kanyang mga talento, bilang mahahalagang mga kaloob mula sa Dios, ay ginamit upang papurihan ang kaluwalhatian ng banal na tagapagbigay. Ang kanyang mga pagkakataon upang magmuni-muni at manalangin ay nagsilbi upang palaguin siya sa karunungan at kabanalan kung kaya't siya'y naging kaibig-ibig sa Dios at sa mga anghel. Samantalang kanyang minumuni- muni ang mga kasakdalan ng kanyang Manlalalang, higit na malinaw na mga pananaw sa Dios ang nabuksan sa kanyang kaluluwa. Ang hindi malinaw na mga paksa ay naliwanagan, ang mga suliranin ay naging payak, ang mga kaguluhan ay naiwasto, at bawat sinag ng bagong liwanag ay nanawagan sa sariwang pagbulwak ng masidhing kagalakan, at higit na matamis na mga awit ng pagsamba, para sa ikaluluwalhati ng Dios at ng Manunubos. Ang pag-ibig na kumilos sa kanya, ang mga kalungkutang nakapalibot sa kanya, ang mga pagtatagumpay na sumasapit sa kanya, lahat ay naging mga paksa ng aktibong pag-iisip; at samantalang minamasdan niya ang pag-ibig ng Dios sa lahat ng habag at tulong ng Dios sa kanyang buhay, ang kanyang puso ay tumibok na may higit na maalab na pagsamba at pagpapasalamat, ang kanyang tinig ay pumailanglang sa isang higit na mayamang himig, ang kanyang alpa ay tinangay ng may higit na masayang kagalakan; at ang batang pastol ay lumakas

ng lumakas, at dumunong ng dumunong; sapagkat ang Espiritu ng
Panginoon ay sumasa kanya. [762]

## Kabanata 63—Si David at si Goliath

Ang kabanatang ito ay batay sa 1 Samuel 16:14-23; 17.

Nang mabatid ng hari na siya ay itinakwil ng Dios, at nang kanyang madama ang bigat ng mga salita ng panunuligsa na binitiwan sa kanya ng propeta, siya ay napuno ng mapait na panghihimagsik at kawalan ng pag-asa. Hindi tunay na pagsisisi ang nagpayuko sa mapag- mataas na ulo ng hari. Wala siyang malinaw na pananaw sa nakasasa- mang likas ng kanyang kasalanan, at hindi siya bumangon sa gawain ng pagbabago sa kanyang kasalanan, at hindi siya bumangon sa gawain ng pagbabago sa kanyang buhay, sa halip ay nagmukmok sa inakala niyang hindi makatarungang ginawa ng Dios sa pagkakait sa kanya ng trono ng Israel at sa pag-aalis ng hahalili sa kanya mula sa kanyang mga inanak. Inuubos niya ang kanyang panahon sa pag- aalala sa sakunang sasapit sa kanyang sambahayan. Kanyang nadama na kinakailangang mapagtakpan ang kanyang kasalanan ng pagsuway sa katapangan na kanyang ipinahayag sa pagharap sa kanyang mga kaaway. Hindi niya tinanggap na may kaamuan ang pagpaparusa ng Dios; ang kanyang espiritu ay lumala, hanggang sa siya ay halos mawala na sa pag-iisip. Pinayuhan siya ng kanyang mga tagapayo na humanap ng paglilingkod ng isang mahusay na manunugtog, sa pag- asa na ang malamig na mga himig ng isang matamis na instrumento ay maaaring makapagpatahimik sa kanyang magulong espiritu. Sa habag at tulong ng Dios, si David, bilang isang mahusay na manunugtog ng alpa, ay dinala sa harap ng hari. Ang kanyang matatayog at kinasihan ng langit na mga tugtog ay naghatid ng ninanais na epekto. Ang lumilimlim na kalungkutan na nananatiling tulad sa isang mairim na ulap sa pag-iisip ni Saul ay napapaalis.

Kapag ang kanyang mga paglilingkod ay hindi kailangan sa korte ni Saul, si David ay bumabalik sa kanyang mga kawan sa mga burol at ipinagpapatuloy ang pagpapanatili sa kanyang kapayakan ng espiritu at pagkilos. Sa tuwing kakailanganin, siya ay muling

tinatawagan upang maglingkod sa harap ng hari, upang patahimikin ang isip ng naguguluhang hari hanggang sa ang masamang espiritu ay umalis mula sa kanya. Subalit bagaman si Saul ay nagpapahayag [763] ng malaking tuwa kay David at sa kanyang tinutugtog, ang batang pastol ay umalis mula sa bahay ng hari tungo sa mga parang at mga burol na kanyang pastulan na may pagkadama ng kaginhawahan at kagalakan.

Si David ay lumalagong kalugod-lugod sa Dios at sa tao. Siya ay naturuan sa landas ng Panginoon, at kanya ngayong inilaan ang kanyang puso na higit pang lubos sa pagtupad sa kalooban ng Dios kaysa dati. Nagkaroon siya ng mga bagong paksang pag-iisipan. Siya ay nanggaling sa korte ng hari at nakita ang mga responsibilidad ng hari. Natuklasan niya ang ilan sa mga tuksong nakapaligid sa kaluluwa ni Saul at nabatid ang ilan sa mga hiwaga sa likas at pakikitungo ng unang hari ng Israel. Nakita niya ang kaluwalhatian ng pagkahari na naaaninuhan ng isang madilim na ulap ng kalungkutan, at nala- man niya na ang sambahayan ni Saul, sa kanilang pansariling buhay, ay malayo sa pagiging masaya. Ang lahat ng mga ito ay nakapaghatid ng magulong mga kaisipan sa kanya na pinahiran upang maging hari sa Israel. Subalit samantalang buhos na buhos ang kanyang sarili sa malalim na pagmumuni-muni, at nililigalig ng mga nakababalisang kaisipan, siya ay humaharap sa kanyang alpa, at tumutugtog ng naka- pagpapaangat sa kanyang isip tungo sa May Katha ng bawat mabuti, at ang madilim na ulap na tila nakaanino sa abot-tanaw sa hinaharap ay napapaalis.

Ang Dios ay nagtuturo kay David ng mga liksyon ng pagtitiwala. Kung paanong si Moises ay sinanay para sa kanyang gawain, gano'n din naman inihahanda ng Panginoon ang anak ni Isai upang maging gabay ng Kanyang piniling bayan. Sa kanyang pagbabantay sa kanyang kawan, siya ay nagkakaroon ng isang pagpapahalaga sa panga- ngalaga ng Dakilang Pastor sa mga tupa na Kanyang pinapasturan.

Ang malungkot na mga burol at madawag na mga bangin na kung saan si David ay lumilibot kasama ng kanyang mga kawan ay pinagtataguan ng mababangis na mga hayop. Hindi bihira lamang na ang leon mula sa kasukalan ng Jordan, o ang oso mula sa kanyang tirahan sa mga burol, ay dumarating na malupit dahil sa gutom, upang sumalakay sa mga kawan. Sang-ayon sa kaugalian noong kanyang

panahon, si David ay mayroon lamang sandatang tirador at tungkod ng pastor; gano'n pa man siya ay taimtim na nagpahayag ng kanyang lakas at katapangan sa pag-iingat sa kanyang inaalagaan. Pagdaka
[764] nang ilarawan ang mga pakikipagsagupang iyon, ay kanyang sinabi: "Pagka pumaroon ang isang leon, o isang oso, at kinuha ang isang kordero sa kawan, ay lumalabas akong hinahabol ko siya, at aking sinasaktan, at aking inililigtas sa kanyang bibig: at pagka dinada- luhong ako, aking pinapangahan, at aking sinasaktan, at aking pina- patay." 1 Samuel 17:34, 35. Ang kanyang karanasan sa mga bagay na ito ay nagpalago sa kanya ng tapang, katibayan ng loob at pananampalataya.

Bago pa siya tinawagan sa korte ni Saul, si David ay nakilala na sa kanyang katapangan. Ang opisyal na naghatid sa kanya upang mabigyang pansin ng hari ay ipinahayag siya na isang "makapangyarihang lalaki na may tapang, at lalaking mangdirigma, at matalino sa pananalita," at sinabi niya, "ang Panginoon ay sumasa kanya."

Nang ang digmaan ay ipinag-utos ng Israel laban sa mga Filisteo, tado sa mga anak ni Isai ang sumama sa hukbo sa pamumuno ni Saul; subalit si David ay nanatili sa bahay. Makalipas ang ilang panahon, gano'n pa man, siya'y pumaroon upang dumalaw sa kampo ni Saul. Ayon sa ipinag-utos ng kanyang ama siya ay naghatid ng mensahe at isang kaloob sa nakatatanda niyang mga kapatid at upang malaman kung sila ay ligtas pa at malusog pa. Subalit hindi alam ni Isai, ang batang pastor ay pinagkatiwalaan ng higit na matayog na layunin. Ang mga hukbo ng Israel ay nasa panganib, at si David ay inutusan ng anghel na iligtas ang kanyang bayan.

Samantalang si David ay papalapit sa hukbo, narinig niya ang tunog ng pagkakagulo, na tila magsisimula ang isang pagsasagupaan. At "ang hukbo na lumalabas sa pakikipaglaban ay sumisigaw ng pakikipagbaka." Ang Israel at ang mga Filisteo ay nangakahanay, hukbo laban sa hukbo. Si David ay tumakbo tungo sa hukbo, at lumapit at binati ang kanyang mga kapatid. Samantalang siya'y nakikipag-usap sa kanila, si Goliath, ang bayani ng mga Filisteo, ay dumating, at may pang-iinsultong mga pananalita na hinahamon ang Israel at hinahamon silang magbigay ng isang lalaki mula sa kanilang mga hanay na makipagsagupaan sa kanya sa isahang labanan. Inulit niya ang kanyang hamon, at nang makita ni David na ang buong Israel ay puno ng takot, at matutunan na ang paghahamon

ng Filisteo ay ginagawa araw-araw, na hindi nakakapagpabangon ng isang bayani na makapagpapatahimik sa nagmamayabang, ang kanyang espiritu ay nakilos sa loob niya. Napukaw ang kanyang kasigasigan upang ipagtanggol ang karangalan na buhay ng Dios at ang puri ng Kanyang bayan. [765]

Ang mga hukbo ng Israel ay nalulungkot. Ang kanilang tapang ay nanghina. At kanilang sinasabi sa isa't isa, "Nakita ba ninyo ang lalaking iyan na sumasampa? Tunay na sumasampa siya upang mang- hamon sa Israel." Sa hiya at galit, si David ay nagsabi, "Sinong Filisteong ito na hindi tuli na siya'y humahamon sa mga hukbo ng buhay na Dios?"

Si Eliab, ang panganay na kapatid ni David, nang kanyang marinig ang mga salitang ito, ay nakababatid sa mga nadarama na kumikilos sa kaluluwa ng kabataang lalaki. Maging sa pagiging isang pastor, si David ay nagpahayag na ng kalakasan ng loob, tapang, at lakas subalit hindi gaanong nasasaksihan; at ang mahiwagang pagdalaw ni Samuel sa bahay ng kanilang ama, at ang matahimik niyang pag-alis, ay pumukaw sa isip ng magkakapatid ng paghihinala sa tunay na layunin ng kanyang pagdalaw. Ang kanilang paninibugho ay napukaw nang makita nilang si David ay pinarangalan ng higit sa kanila, at hindi nila siya pinakitunguhan na may paggalang at pag-ibig na angkop sa kanyang katapatan at pagiging magiliw na kapatid. Tiningnan nila siya na pawang isang kaputol na pastor, at ngayon ang kanyang itinanong ay itinuring ni Eliab na isang pagpuna sa sarili niyang kaduwagan sa hindi pagtatangkang patahimikin ang higante ng mga Filisteo. Ang panganay na kapatid ay galit na nagsabi, "Bakit ka lumusong dito? at kanino mo iniwan ang ilang tupang yaon sa ilang? Talastas ko ang iyong kahambugan, at ang kalikuan ng iyong puso; sapagkat ikaw ay lumusong upang iyong makita ang pagbabaka." Ang sagot ni David ay may paggalang subalit may kapasyahan: "Anong aking ginawa ngayon? wala bang dahilan?"

Ang mga salita ni David ay isinaysay sa hari, na ipinatawag ang kabataan sa harap niya. Si Saul ay nakinig na may pagkamangha sa mga salita ng pastor, samantalang kanyang sinasabi, "Huwag manglupaypay ang puso ng sinuman dahil sa kanya; ang iyong lingkod ay yayaon at makikipaglaban sa Filisteong ito." Si Saul ay nagsikap patalikurin si David mula sa kanyang layunin, subalit ang kabataang

lalaki ay hindi napatitinag. Siya ay sumagot sa isang payak at hindi mapagkunwaring paraan, na isinaysay ang kanyang mga karanasan samantalang binabantayan ang mga kawan ng kanyang ama. At kanyang sinabi, "Ang Panginoon na nagligtas sa akin sa mga panga-
[766] mot ng leon, at sa pangamot ng oso, ay siyang magliligtas sa akin sa kamay ng Filisteong ito. At sinabi ni Saul kay David, Yumaon ka, at ang Panginoon ay sasaiyo."

Sa loob ng apat na pung mga araw ang hukbo ng Israel ay nanginig sa mapagmataas na hamon ng higanteng Filisteo. Ang kanilang mga puso ay nanlupaypay sa loob nila samantalang kanilang minamasdan ang kanyang malaking anyo, na ang taas ay anim na siko at isang dangkal. Sa kanyang ulo ay may turbante na yari sa tanso, siya ay nararamtan ng isang baluti na ang timbang ay limang libong siklo, at mayroon siyang kasuutang tanso sa kanyang mga hita. Ang baluti ay yari sa mga pohas na tanso na magkakapatong, na tulad sa kaliskis ng isda, at sila'y lubhang dikit-dikit kung kaya't walang sibat o palaso ang maaaring tumagos sa kasuutan. Sa kanyang likod ang higante ay may dalang malaking diyablin o sibat, na yari din sa tanso. "Ang puluhan ng kanyang sibat ay gaya ng panghabi ng manghahabi; at ang dulo ng kanyang sibat ay may anim na raang siklong bakal ang bigat: at ang kanyang tagadala ng kalasag ay nauuna sa kanya."

Umaga at gabi si Goliath ay lumalapit sa kampo ng Israel, na sinasabi na may malakas na tinig, "Bakit kayo'y lumabas na nagsihanay sa pakikipagbaka? hindi ba ako'y Filisteo, at kayo'y mga lingkod ni Saul? pumili kayo ng isang lalaki sa inyo, at pababain ninyo siya sa akin. Kung siya'y makalaban sa akin at mapatay ako, magiging alipin nga ninyo kami; ngunit kung ako'y manaig laban sa kanya, at mapatay ko siya ay magiging alipin nga namin kayo at maglilingkod sa amin.

At sinabi ng Filisteo, Aking hinahamon ang mga hukbo ng Israel sa araw na ito; bigyan ninyo ako ng isang lalaki, upang maglaban kami." Bagaman si Saul ay nagbigay ng pahintulot kay David na tanggapin ang hamon ni Goliath, ang hari ay mayroong maliit na pag-asa na si David ay magtatagumpay sa kanyang matapang na isasagawa. Ipinag-utos na isuot sa kabataan ang sariling kasuutang pandigmaan ng hari. Ang mabigat na turbanteng tanso ay inilagay sa kanyang ulo, at ang baluti ay inilagay sa kanyang katawan; ang

tabak ng hari ay nasa kanyang tagiliran. Nang masandatahan ng gano'n, siya ay nagpasimula sa kanyang lakad, subalit hindi nagtagal siya ay bumalik. Ang unang napasa isip ng mga nagmamasid ay nagpasya si David na hindi ilalagay ang kanyang buhay sa panganib sa pagharap sa isang kalaban na lubhang hindi niya mapapantayan sa isang paghaharap. Subalit ito ay malayong-malayo sa iniisip ng matapang na kabataang lalaki. Nang siya ay bumalik kay Saul nakiusap siyang siya ay pahintulutang alisin ang mabigat na ka- [767]
suutang pangdigmaan na nagsasabi, "Hindi ako makayayaon na dala ko ang mga ito; sapagkat hindi ko pa nasu- subukan." Inalis niya ang mga kasuutang pandigmaan ng hari, at kapalit noon ay kinuha lamang ang kanyang tungkod sa kanyang kamay, isang supot pastor at isang pangkaraniwang panghilagpos. Nang makapili ng limang makikinis na mga bato mula sa sapa, inilagay niya iyon sa kanyang supot at hawak ang panghilagpos sa kanyang mga kamay, ay lumapit sa Filisteo. Ang higante ay matapang na humakbang papalapit, na umaasang makakaharap ang pinakamaka- pangyarihan sa mga mandirigma ng Israel. Ang kanyang tagapagdala ng sandata ay lumalakad sa unahan niya, at kung tumingin siya ay tila walang anumang makadadaig sa kanya. Nang siya ay mapalapit kay David ang nakita niya ay isa lamang kaputol, tinatawag na bata dahil sa kanyang edad. Ang mukha ni David ay namumula sa kalusugan, at ang kanyang mahusay na anyo, na hindi nasasanggahan ng kasuutang pandigmaan, ay hayag na nalalamangan; gano'n pa man sa pagitan ng kanyang anyong pangkabataan at sa malaking katawan ng Filisteo, ay mayroong malaking pagkakaiba.

Si Goliath ay napuno ng pagtataka at galit. "Ako ba ay aso," ang ibinulalas niya, "na ikaw ay naparito sa akin na may mga tungkod?" At ibinuhos niya kay David ang pinaka kilabot na mga sumpa ng lahat ng mga diyos na alam niya. At sumigaw siya na may panunuya, "Halika at aking ibibigay ang iyong laman sa mga ibon sa himpapawid at sa mga hayop sa parang."

Si David ay hindi nanglupaypay sa harap ng bayani ng mga Filisteo. Nang makahakbang papalapit, ay sinabi niya sa kanyang kalaban: "Ikaw ay naparirito sa akin na may tabak, at may malaking sibat at may kalasag; ngunit ako'y naparito laban sa iyo sa pangalan ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng mga kawal ng Israel na iyong hinahamon. Sa araw na ito ay ibibigay ka ng Panginoon

sa aking kamay; at sasaktan lata, at pupugutin ko ang ulo mo; at ibibigay ko ang mga bangkay sa hukbo ng mga Filisteo sa mga ibon sa himpapawid sa araw na ito, at sa mababangis na hayop sa lupa; upang maalaman ng buong lupa na may Dios sa Israel: at upang malaman ng buong kapisanang ito na hindi nagliligtas ang Panginoon sa pamamagitan ng tabak o ng sibat: sapagkat ang pagbabakang ito ay sa Panginoon, at ibibigay Niya kayo sa aming kamay."

[768] Mayroong tunog ng kawalan ng takot sa kanyang tinig, isang hitsura ng pagtatagumpay at kagalakan sa bukas ng kanyang malinis na mukha. Ang pananalitang ito, na inihayag sa isang malinaw, at may himig na tinig, ay dinig na dinig ng nakikinig na libu-libong nakaha- nay para sa digmaan. Ang galit ni Goliath ay napukaw sa pinakama- tinding init. Sa kanyang matinding galit ay itinaas niya ang turban- teng nakatakip sa kanyang noo at nagmamadaling lumapit upang pagbagsakan ng galit ang kanyang kalaban. Ang anak ni Isai ay nag- hahanda para sa kanyang kalaban. "At nangyari, nang bumangon ang Filisteo, at sumulong at lumapit upang salubungin si David, na si David ay nagmadali, at tumakbo sa dako ng kawal upang salubungin ang Filisteo. At isinuot ni David ang kanyang kamay sa kanyang supot; at kumuha roon ng isang bato, at inihilagpos, at tinamaan ang Filisteo sa kanyang noo; at ang bato ay bumaon sa kanyang noo, at nabuwal na pasubsob sa lupa."

Ang labis na pagtataka ay kumalat sa mga hanay ng dalawang hukbo. Nakasisiguro sila na si David ay mapapatay; subalit nang ang bato ay mabilis na lumipad sa hangin, tungo sa pinatatamaan, nakita nilang nanginig ang makapangyarihang mandirigma, at iniabot ang kanyang mga kamay, na tila tinamaan ng biglang pagkabulag. Ang higante ay humapay, at nagpasuray-suray, at tulad sa isang pinutol na encina, ay bumagsak sa lupa. Si David ay hindi naghintay ng isang sandali. Kaagad niyang inibabawan ang nakaratay na Filisteo, at dalawang kamay na hinawakan ang mabigat na tabak ni Goliath. Ilang sandali pa lamang ang nakakalipas ipinagmayabang ng higante na kanyang puputulin ang ulo ng kabataan mula sa kanyang mga balikat at ibibigay ang kanyang katawan sa mga ibon sa himpapawid. Ngayon iyon ay itinaas sa hangin, at ang ulo ng mapagmayabang ay gumulong papalayo sa kanyang katawan, at isang sigaw ng malaking kagalakan ang pumailanglang mula sa kampo ng Israel.

Ang mga Filisteo ay hinampas ng takot, at ang naging pagkalito ay humantong sa isang madaliang pag-urong. Ang sigaw ng mga nag- tagumpay na mga Hebreo ay umalingawngaw sa tuktok ng mga bundok, samantalang kanilang mabilis na hinahabol ang nagsisitakas na mga kaaway; at kanilang "hinabol ang mga Filisteo hanggang sa Gath, at sa mga pintuang bayan ng Ecron. At ang mga sugatan na mga Filisteo ay nabuwal sa daang patungo sa Saraim, hanggang sa Gath, at sa Ecron. At nagsibalik ang mga anak ni Israel sa paghabol sa mga Filisteo, at kanilang sinamsam ang kanilang kampamento.
At kinuha ni David ang ulo ng Filisteo, at dinala sa Jerusalem; ngunit [769]
kanyang inilagay ang sandata niya sa kanyang tolda." [770]

## Kabanata 64—Si David Bilang Isang Pugante

Ang kabanatang ito ay batay sa 1 Samuel 18 hanggang 22.

Makalipas ang pagpatay kay Goliath, iningatan ni Saul si David na kasama niya, at hindi siya pinahintulutang umuwi sa tahanan ng kanyang ama. At nangyari na "ang kaluluwa ni Jonathan ay nalakip sa kaluluwa ni David, at minahal ni Jonathan siya na gaya ng kanyang sariling kaluluwa." Si Jonathan at si David ay gumawa ng tipan na sila ay magkakalakip bilang magkapatid, at hinubad ng anak ng hari "ang balabal na nakasuot sa kanya, at ibinigay kay David, at ang kanyang kasuutan pati ng kanyang tabak, at ng kanyang busog at ng kanyang pamigkis." Si David ay pinagkatiwalaan ng mahahalagang tungkulin, gano'n pa man ay iningatan niya ang kanyang pag- kamababang-loob, at nahulog sa kanya ang pag-ibig ng bayan gano'n din ng sambahayan ng hari.

"At lumabas si David saan man suguin ni Saul, at siya'y nagpa- kabait: at inilagay ni Saul siya sa mga lalaking mangdirigma." Si David ay maingat at tapat, at nahahayag na ang pagpapala ng Dios ay sumasakanya. May mga pagkakataong nababatid ni Saul ang kanyang pagiging hindi handa para sa pamamahala sa Israel, at kanyang nadama na ang kaharian ay higit na magiging ligtas kung siya ay kaugnay sa isa na tumatanggap ng tagubilin mula sa Panginoon. Si Saul ay umaasa rin na ang pakikiugnay kay David ay maging isang pananggalang sa kanyang sarili. Sapagkat si David ay kinaluluguran at iniingatan ng Panginoon, ang kanyang presensya ay maaaring maging proteksyon kay Saul kung siya ay sasama sa kanya sa dig- maan.

Yaon ay awa at tulong ng Dios na nag-ugnay kay David at kay Saul. Ang kalagayan ni David sa korte ay magbibigay sa kanya ng kaalaman tungkol sa maraming bagay, bilang paghahanda sa kanyang kadakilaan sa hinaharap. Iyon ay magbibigay sa kanya ng pag- kakataon upang ang bayan ay magkaroon ng pagtitiwala sa kanya. Ang malaking mga pagbabago at mga kahirapan na

sumapit sa kanya, dahil sa galit ni Saul, ay mag-aakay sa kanya upang kanyang madama ang kanyang pangangailangan ng tulong [771] ng Dios, at upang mailagay ang buo niyang pagtitiwala sa Kanya. At ang pakikipagkai- bigan ni Jonathan kay David ay isa ring awa't tulong ng Dios, upang maingatan ang buhay ng magiging pinuno ng Israel. Sa lahat ng ito ay isinasakatuparan ng Dios ang Kanyang mabiyayang mga layunin, kapwa para kay David at para sa bayan ng Israel.

Si Saul, gano'n pa man, ay hindi nagtagal na mabait kay David. Nang si Saul at si David ay umuwi mula sa pakikipagdigma sa mga Filisteo, "na ang mga babae ay lumabas mula sa lahat ng mga bayan ng Israel, na nag-aawitan at nagsasayawan, upang salubungin ang haring si Saul, ng mga pandereta, ng kagagalakan, at ng panugtog ng tugtugin." Ang isang grupo ay umawit, "Pinatay ni Saul ang kanyang libu-libo," samantalang kinukuha ng ibang grupo ang himig, at sumasagot, "At ni David ang kanyang laksa-laksa." Ang demonyo ng paninibugho ay pumasok sa puso ng hari. Siya ay galit sapagkat si David ay itinataas ng higit sa kanyang sarili sa awit ng mga babae ng Israel. Sa halip na pigilin ang mga nadaramang ito ng pagkainggit, ay ipinahayag niya ang kahinaan ng kanyang pagkatao, at bumulalas, "Kanilang inilagay kay David ay laksa-laksa, at sa akin ay kanilang inilagay ang libu-libo lamang: at ano na lamang ang kanyang tatangkilikin kundi ang kaharian?"

Isang malaking kasiraan sa pagkatao ni Saul ay ang kanyang pagibig sa papuri. Ang likas na ito ay nagkaroon ng nangangasiwang impluwensya sa kanyang mga kilos at mga iniisip; ang lahat ay may marka ng kanyang pagnanasang papurihan at maitaas ang sarili. Ang kanyang pamantayan ng mabuti at masama ay ang mababang pa- mantayan ng paghanga ng nakararami. Walang taong ligtas na na- mumuhay upang siya ay magbigay kaluguran sa kanyang kapwa, at hindi unang hinahanap ang pagpuri ng Dios. Naging ambisyon ni Saul ang maging una sa paningin ng tao; at nang ang awit na ito ng pagpuri ay inawit, isang paniniwala ang pumasok sa isip ng hari na mahuhulog kay David ang puso ng bayan at maghaharing kahalili niya.

Binuksan ni Saul ang kanyang puso sa espiritu ng paninibugho na sa pamamagitan noon ang kanyang kaluluwa ay nalason. Sa kabila ng mga liksyon na kanyang tinanggap mula kay propetang

Samuel, na nagtuturo sa kanya na isasakatuparan ng Dios anuman ang Kanyang piliin, at walang sinumang makahahadlang sa Kanya, [772] pinatunayan ng hari na siya ay walang tunay na kaalaman tungkol sa mga panukala o kapangyarihan ng Dios. Inilalaban ng hari ng Israel ang kanyang kalooban sa kalooban ng Isang walang hangganan. Hindi ni Saul natutunan, samantalang pinamumunuan ang kaharian ng Israel, na dapat niyang pamunuan ang kanyang espiritu. Pinahintulutan niya ang simbuyo ng kanyang damdamin upang manguna sa kanyang pagpapasya, hanggang sa siya ay napasubo sa matinding galit ng pagnanasa. Nagkaroon siya ng pasumpong-sumpong na galit, kapag siya ay handang kumitil ng buhay ng sinumang mangangahas na lumaban sa kanyang kalooban. Mula sa mga siklab ng galit na ito siya ay napupunta sa isang pagkadama ng kawalan ng pag-asa at pagkagalit sa sarili, at ang kanyang kaluluwa ay napapailalim sa isang matinding pagsisisi.

Gusto niyang naririnig si David na tumutugtog sa kanyang alpa, at ang masamang espiritu ay tila napapaalis sa ilang panahon; subalit isang araw samantalang ang kabataan ay naglilingkod sa harap niya, at naghahatid ng matamis na tugtugin mula sa kanyang instrumento, na sinasabayan ang kanyang tinig samantalang siya'y umaawit ng papuri sa Dios, biglang inihagis ni Saul ang kanyang sibat sa manunugtog, sa layuning kitilin ang kanyang buhay. Si David ay iniligtas ng pakikialam ng Dios, at walang galos na tumakas mula sa matinding galit ng nababaliw na hari.

Samantalang ang galit ni Saul kay David ay tumitindi, naging higit at higit siyang mapagmasid upang makasumpong ng pagkakataon upang siya ay mapatay; subalit wala sa kanyang mga panukala laban sa pinahiran ng Panginoon ang magtagumpay. Isinuko ni Saul ang kanyang sarili sa pangangasiwa ng masamang espiritu na namumuno sa kanya; samantalang si David ay nagtiwala sa Kanya na makapang- yarihan sa payo, at makapangyarihan sa pagliligtas. "Ang pagkatakot sa Panginoon ay pasimula ng karunungan" (Kawikaan 9:10), at ang dalangin ni David ay patuloy na pumailanglang sa Dios, upang siya ay makalakad sa harap Niya sa isang sakdal na paraan.

Sa pagnanasang mapalayo sa presensya ng kanyang kaagaw, "inihi- walay ni Saul siya sa kanya, at siya'y ginawa niyang punong kawal sa isang libo.... Ngunit minamahal ng buong Israel at Juda si

David." Ang bayan ay hindi mabagal sa pagbatid na si David ay isang mapag- kakatiwalaang tao, at ang maraming bagay na ipinagkakatiwala sa kanyang kamay ay napapangasiwaan ng may karunungan at kahusa- yan. Ang mga payo ng kabataang lalaki ay may katalinuhan [773] at pag- iingat ng likas, at napapatunayang ligtas na sundin; samantalang ang kapasyahan ni Saul sa ibang mga pagkakataon ay hindi maaaring pagkatiwalaan, at ang kanyang mga kapasyahan ay hindi mabuti.

Bagaman si Saul ay matamang naghahanap ng pagkakataon upang mapatay si David, siya ay tumindig na may pagkatakot sa kanya, sapagkat kapansin-pansin na ang Panginoon ay sumasa kanya. Ang walang kapintasang likas ni David ang pumukaw sa galit ng hari; kanyang ipinalagay na ang buhay at presensya ni David ay nagpupukol ng isang kahihiyan sa kanya, sapagkat sa pagkukumpara ay iniha- hayag noon na nalalamangan ang kanyang sariling pagkatao. Inggit at labis na kalungkutan, ang naglalagay sa abang lingkod ng kanyang trono sa panganib. Anong hindi nasaysay na mga kasamaan ang nagawa ng masamang likas na ito sa ating sanlibutan! Gano'ng galit din na sa puso ni Saul ang kumilos kay Cain laban sa kanyang kapatid na si Abel, sapagkat ang mga gawa ni Abel ay matuwid, at siya ay pinarangalan ng Dios, at ang sarili niyang mga gawa ay masama, at hindi siya maaaring pagpalain ng Panginoon. Ang inggit ay anak ng pagmamalaki, at kung iyon ay tinanggap sa puso, iyon ay maghahatid tungo sa galit, at pagdaka ay paghihiganti at pagpatay. Ipinahayag ni Satanas ang sarili niyang likas sa pag-udyok sa galit ni Saul laban sa kanya na hindi pa kailan man gumawa ng pananakit sa kanya.

Nagkaroon ang hari ng mahigpit na pagmamasid kay David, uma- asang makakasumpong ng pagkakataon ng kawalan ng pag-iingat o pagka padalus-dalos na maaaring maging dahilan upang dalhin siya sa kahihiyan. Nadama niya na hindi siya masisiyahan hanggang kanyang makitil ang buhay ng kabataan at maging matuwid pa rin sa harap ng bayan sa masama niyang ginawa. Naglagay siya ng isang silo para kay David, na hinimok siya na pamunuan ang pakikipaglaban sa mga Filisteo na may ibayo pang lakas, at ipinanga- ko, bilang isang gantimpala sa kanyang katapangan, ang pagkalakip sa panganay na anak na babae ng sambahayan ng hari. Sa alok na ito ang mapagpakumbabang sagot ni David ay, "Sino ako

at ano ang aking buhay, o ang sambahayan ng aking ama sa Israel, upang maging manugang ako ng hari?" Ang hari ay nagpahayag ng pagiging hindi niya tapat sa pamamagitan ng pagpapakasal sa
[774] kanyang anak sa iba.

Isang pagkalakip para kay David sa bahagi ni Michal, ang bunsong anak na babae ni Saul, ang nagbigay sa hari ng isa pang pagkakataon upang painan ang kanyang karibal. Ang kamay ni Michal ay ipag- kakaloob sa kabataang lalake sa kondisyon na magbibigay ng katibayan ng pagkatalo at pagpatay sa itinakdang bilang ng kalaban ng kanilang bansa. "Ang balak nga ni Saul ay maibuwal si David sa pamamagitan ng kamay ng mga Filisteo," subalit iningatan ng Dios ang Kanyang lingkod. Si David ay nagbalik na matagumpay mula sa pakikipagbaka upang maging manugang ng hari. "Sinisinta ni Michal na anak na babae ni Saul si David," at nakita ng hari, na matindi ang galit, na ang kanyang pakana ay humantong sa pagkataas sa kanya na sinisikap niyang patayin. Higit pa siyang nakatiyak na ito ang lalaki na sinabi ng Panginoon na mas mabuti kaysa kanya, at siya ang maghahari sa trono ng Israel na kahalili niya. Sa pag-aalis na sa lahat ng pagkukunwari, kanyang ipinag-utos kay Jonathan at sa mga opisyal ng korte na kitilin ang buhay ng isa na kanyang kinapopootan.

Ipinahayag ni Jonathan kay David ang panukala ng hari at nakiusap sa kanya na magtago samantalang siya naman ay makikiusap sa kanyang ama na huwag patayin ang buhay ng tagapagligtas ng Israel. Ipinahayag niya sa hari ang nagawa ni David upang maingatan ang karangalan at maging ang buhay ng bansa, at ang kilabot na pagkakasala ang tatahan sa papatay sa buhay ng isa na ginamit ng Dios upang pangalatin ang kanilang mga kaaway. Ang konsensya ng hari ay nakilos, at ang kanyang puso ay napalambot. "At sumumpa si Saul: buhay ang Panginoon, siya'y hindi papatayin." Si David ay dinala kay Saul, at siya ay naglingkod sa kanyang harapan, gaya ng ginagawa niya nang nakaraan.

Ang digmaan ay muling ipinag-utos sa pagitan ng mga Israelita at ng mga Filisteo, at pinamunuan ni David ang hukbo laban sa kanilang mga kaaway. Nagkaroon ng malaking pagtatagumpay ang mga Hebreo, at pinuri ng kaharian ang kanyang karunungan at pagkabayani. Ito ay naging sanhi upang makilos ang dating mapait na pakikitungo ni Saul laban sa kanya. Samantalang ang kabataang

lalaki ay tumutugtog sa harap ng hari, na pinupuno ang palasyo ng matamis na tunog, si Saul ay nadaig ng silakbo ng damdamin, at kanyang sinibat ng diyablin si David, iniisip na itusok noon ang manunugtog sa dingding; subalit inilipos ng Panginoon ang nakamamatay na sandata. Si David ay tumakas at umuwi sa sarili ni- [775] yang tahanan. Si Saul ay nagpadala ng mga tiktik upang kanilang makuha siya sa kanyang paglabas sa kinaumagahan, at mapatay.

Ipinagbigay-alam ni Michal kay David ang layunin ng kanyang ama. Pinilit niya siyang tumakas alang-alang sa kanyang buhay, at siya ay pinababa mula sa bintana, kung kaya't siya ay nakatakas. Siya ay tumakas tungo kay Samuel sa Rama, at ang propeta, na hindi natatakot sa galit ng hari, ay tumanggap sa pugante. Ang tahanan ni Samuel ay isang matahimik na lugar kumpara sa palasyo ng hari. Dito, sa kalagitnaan ng mga burol, ipinagpatuloy ng pinarangalang lingkod ng Panginoon ang kanyang gawain. Isang grupo ng mga propeta ang kanyang kasama, at kanilang pinag-aaralan ng husto ang kalooban ng Dios at magalang na pinakikinggan ang mga pagtuturo na mula sa bibig ni Samuel. Mahahalaga ang mga aral na natutunan ni David mula sa guro ng Israel. Si David ay naniniwala na ang mga kawal ni Saul ay hindi uutusang sumalakay sa dakong ito na banal, walang lugar ang tila lubhang banal sa madilim na pag-iisip ng galit na hari. Ang pakikiugnay ni David sa propeta ay nagpatindi sa paninibugho ng hari, baka siya na iginagalang na propeta ng Dios sa buong Israel ay magpagamit sa kanyang impluwensya upang mapasu- long ang karibal ni Saul. Nang malaman ng hari kung nasaan si David, siya ay nagsugo ng mga opisyal upang dalhin siya sa Gabaa, kung saan pinapanukala niyang isakatuparan ang kanyang pagpatay.

Ang mga sugo ay pinahayo, upang kitilin ang buhay ni David; subalit may Isang mas dakila kay Saul ang pumigil sa kanila. Sila ay sinalubong ng hindi nakikitang mga anghel, tulad ng nangyari kay Balaam sa kanyang paghayo upang sumpain ang Israel. Sila ay nag- simulang manghula tungkol sa mga mangyayari sa hinaharap, at ipinahayag ang kaluwalhatian at karilagan ni Jehova. Sa gano'ng paraan ay pinangibabawan ng Dios ang galit ng tao at ipinahayag ang Kanyang kapangyarihan sa pagpigil ng kasamaan, samantalang Kanyang binabakuran ang kanyang lingkod sa pamamagitan ng mga nag-iingat na mga anghel.

Ang balita ay nakarating kay Saul samantalang may kasabikan niyang hinihintay na si David ay mapasa ilalim ng kanyang kapangyarihan; subalit sa halip na madama ang panunumbat ng Dios, higit pa siyang nagalit, at nagsugo ng iba pang mga sugo. Ang mga ito rin ay dinaig ng kapangyarihan ng Dios, at nakikisama sa unang grupo sa panghuhula. Ang ikatlong grupo ng mga sugo ay pinahayo
[776] ng hari; subalit nang sila ay makarating sa grupo ng mga propeta, ang impluwensya ng Dios ay napasa kanila rin, at sila ay nanghula. Kaya't si Saul ay nagpasya na siya mismo ang hahayo, sapagkat ang matindi niyang galit ay hindi na mapipigilan pa. Siya ay nagpasyang hindi na maghihintay pa ng iba pang pagkakataon upang mapatay si David; sa oras na siya ay makarating sa dakong maaabot niya siya, panukala niyang patayin siya sa pamamagitan ng sarili niyang kamay, anuman ang maging bunga noon.

Subalit isang anghel ng Panginoon ang sumalubong sa kanya sa daan at pumigil sa kanya. Ang Espiritu ng Dios ang humawak sa kanya sa ilalim ng kanyang kapangyarihan, at siya ay humayong dumadalangin sa Dios, na may kasamang mga panghuhula at banal na mga himig. Nanghula siya tungkol sa darating na Mesias bilang Tagapagtubos ng sanlibutan. Nang siya ay makarating sa tahanan ng hari sa Rama, ay hinubad niya ang kanyang panlabas na mga kasuotan na sagisag ng kanyang ranggo, at buong maghapon at buong magdamag siyang nahiga sa harap ni Samuel at ng kanyang mga mag-aaral, sa ilalim ng impluwensya ng Banal na Espiritu. Ang bayan ay natipon upang saksihan ang kahimahimalang pangyayaring ito, at ang karanasan ng hari ay iniulat hanggang sa malalayong lugar. Kaya't sa gano'ng paraan minsan pa, sa pagtatapos ng kanyang paghahari, naging kasabihan sa Israel na si Saul ay kabilang sa mga propeta.

Sa muli ang mang-uusig ay nadaig sa kanyang layunin. Tiniyak niya kay David na siya ay may kapayapaan na sa kanya, subalit maliit ang tiwala ni David sa pagsisisi ng hari. Kinuha niya ang pagkakataong ito upang tumakas, baka magbago ang takbo ng pag-iisip ng hari, tulad ng dati. Ang kanyang puso ay may sugat sa loob niya, at ninasa niyang makitang muli ang kanyang kaibigan na si Jonathan. Batid ang kanyang kawalan ng kasalanan, hinanap niya ang anak ng hari at nakiusap sa isang pinakanakakakilos na paraan. "Anong aking ginawa?" tanong niya, "anong aking kasamaan? at

anong aking kasalanan sa harap ng iyong ama, upang kanyang usigin ang aking buhay?" Si Jonathan ay naniniwala na ang kanyang ama ay nagbago na ng layunin at wala nang panukalang patayin si David. At sinabi ni Jonathan sa kanya, "Malayo nawa; hindi ka mamamatay: narito, ang aking ama ay hindi gumagawa ng anomang bagay na malaki o maliit kundi niya ipaalam sa akin: at bakit ililihim sa akin ng aking ama ang bagay na ito? hindi gayon." Makalipas [777] ang kahanga-hangang pagpapahayag ng kapangyarihan ng Dios, si Jonathan ay hindi makapaniwala. May lubhang kataimtiman na kanyang sinabi kay Jonathan, "Buhay nga ang Panginoon, at buhay ang iyong kaluluwa, na iisang hakbang ang pagitan ko sa kamatayan."

Sa panahon ng bagong buwan isang banal na kapistahan ang ipagdiriwang sa Israel. Ang kapistahang ito ay magaganap sa sunod na araw makalipas ang pag-uusap ni David at ni Jonathan. Sa piging na yaon ay inaasahang ang dalawang kabataang lalaki ay kapwa haha- rap sa hapag kainan ng hari; subalit si David ay nangangambang pumaroon, at isinaayos na siya ay kinakailangang dumalaw sa kanyang mga kapatid sa Bethlehem. Sa kanyang pagbabalik ay magtatago siya sa isang parang na hindi malayo sa pinagdadausan ng piging, tatlong araw na hindi magpapakita sa harap ng hari; at aalamin ni Jonathan ang magiging epekto nito kay Saul. Kung ipagtatanong kung nasaan ang anak ni Isai, sasabihin ni Jonathan na siya ay umuwi upang dumalo sa paghahaing ipagkakaloob ng sambahayan ng kanyang ama. Kung walang magiging pagpapahayag ng galit ang hari, sa halip ay kanyang sasabihin, "Mabuti," kung magkagayon magiging ligtas para kay David ang bumalik sa korte. Subalit kung siya ay magagalit sa hindi niya pagdalo, iyon ang magpapasya ng tungkol sa pagtakas ni David.

Noong unang araw ng piging ang hari ay hindi nagtanong kung bakit wala si David; subalit nang ang kanyang lugar ay bakante noong ikalawang araw, siya ay nagtanong, "Bakit hindi naparirito ang anak ni Isai upang kumain, ni kahapon, ni ngayon man. At sumagot si Jonathan kay Saul, namanhik si David na bayaan ko siya na pumaroon sa Bethlehem: At kanyang sinabi, Isinasamo ko sa iyo na payaunin mo ako; sapagkat ang aming angkan ay may paghahain sa bayan; at iniutos sa akin ng aking kapatid na ako ay dumuon; at ngayon kung ako'y nakasumpong ng biyaya sa iyong

paningin, ay bayaan mo akong yumaon, isinasamo ko sa iyo, at aking tingnan ang aking mga kapatid. Kaya hindi siya naparito sa dulang ng hari.” Nang marinig ni Saul ang mga pananalitang ito, ang kanyang galit ay nag-alab. Kanyang ipinahayag na habang si David ay nabubuhay, si Jonathan ay hindi maaaring mapasa trono ng Israel, at kanyang ipinag-utos na si David ay mapuntahan agad upang mapatay. Si Jonathan ay muling namagitan para sa kanyang kaibigan, na [778] nakikiusap, “Bakit siya papatayin? anong kanyang ginawa?” Ang pakiusap na ito sa hari ay naging sanhi lamang upang lalo pa siyang maging parang si Satanas sa kanyang pagkagalit, at ang sibat na inihahanda niya para kay David ay kanya ngayong isinibat sa sarili niyang anak Ang prinsipe ay nalungkot at nagkaroon ng galit, at nang iniwan ang palasyo ng hari, siya ay hindi na isang panauhin sa piging. Ang kanyang kaluluwa ay napayukod sa kalungkutan samantalang siya ay nagtungo sa ikatakdang oras sa lugar na kung saan malalaman ni David ang panukala ng hari sa kanya. Nagyakap ang dalawa, at tumangis ng husto. Ang madilim na pagnanasa ng hari ay nagbahid ng anino noon sa buhay ng mga kabataang lalaki, at ang kanilang kalungkutan ay labis ang tindi upang mabigkas. Ang huling mga pananalita ni Jonathan ay narinig ni David samantalang sila ay naghihiwalay upang tumahak sa magkaibang landas “Yumaon kang payapa, yamang tayo’y kapwa sumumpa sa pangalan ng Panginoon na nagsasabi. Ang Panginoon ay lalagay sa gitna natin, at sa gitna ng aking binhi at iyong binhi, magpakailan man.”

Ang anak ng hari ay bumalik sa Gabaa, at si David ay nagmadali upang makarating sa Nob, isang lungsod na ilang milya lamang ang layo, at sakop pa rin ng lipi ng Benjamin. Ang tabernakulo ay dinala sa dakong ito mula sa Silo, at dito si Ahimelech na punong saserdote ay naglilingkod. Hindi alam ni David kung saan tatakas upang mag- kubli, liban lamang sa lingkod ng Dios. Ang saserdote ay tumingin sa kanya na may pagtataka, nang siya ay dumating na nagmamadali at nag-iisa, at mukhang balisa at nalulungkot. Siya ay nagtanong kung ano ang naghatid sa kanya doon. Ang kabataan ay may nag- tutuluy-tuloy na takot na baka siya ay makita, at sa kanyang mahigpit na pangangailangan siya ay gumamit ng panlilinlang. Sinabi ni David na siya ay sinugo doon ng hari sa isang lihim na layunin, isa na nangangailangan ng sukdulang espedisyon. Dito ay nagpahayag siya ng kakulangan ng pananampalataya sa Dios, at

ang kanyang kasalanan ay naging sanhi ng pagkamatay ng punong saserdote. Kung malinaw lamang sana niyang inihayag ang katotohanan, nalaman sana ni Ahimelech kung ano ang kanyang gagawin upang iligtas ang kanyang buhay. Ipinag-uutos ng Dios na ang pagiging makatotohanan ay maging tatak ng Kanyang bayan maging sa pinakadakilang pa- nganib. Si David ay humingi sa saserdote ng limang tinapay. Ang lalaki ng Dios ay walang ibang tinapay kundi yaong banal na tinapay, subalit nagawa ni David na maalis [779]
ang kanyang mga pag-aalangan, at nakuha ang tinapay upang maalis ang kanyang gutom.

Isang bagong panganib ngayon ay naghahayag ng kanyang sarili. Si Doeg, pinakapuno sa mga pastor na nauukol kay Saul, na nag- aangkin ng pananampalataya ng mga Hebreo, na ngayon ay nagba- bayad ng kanyang mga panata sa dako ng pagsamba. Nang makita ang lalaking ito si David ay nagpasyang magmadali upang magkaroon ng ibang dakong pagtataguan, at upang makakuha ng sandata na sa pamamagitan noon ay maipagtanggol ang sarili kung ang pag- tatanggol sa sarili ay kakailanganin. Humingi siya kay Ahimelech ng isang tabak, at sinabi sa kanya na wala liban lamang sa tabak ni Goliath, na iniingatan bilang banal na alaala sa tabernakulo. Si David ay sumagot, "walang ibang gaya niyaon; ibigay mo sa akin." Ang kanyang lakas ng loob ay nagpanibagong sigla nang kanyang hawakan ang tabak na minsan ay ginamit niya sa pagpatay sa bayani ng mga Filisteo.

Si David ay tumakas tungo kay Achis, hari ng Gath; sapagkat kanyang nadama na mayroong higit na kaligtasan sa kalagitnaan ng mga kaaway ng kanyang bayan kaysa mga nasasakupan ni Saul. Subalit may nagsabi kay Achis na si David ang lalaking nakapatay sa bayani ng mga Filisteo ilang taon na ang nakalilipas; at ngayon siya na naghahanap ng mapagkukublihan sa mga kaaway ng Israel ay nakita ang kanyang sarili na nasa malaking panganib. Subalit sa pagkunwa- ring isang sira ang bait, kanyang nilinlang ang kanyang mga kaaway at nakatakas.

Ang unang pagkakamali ni David ay ang hindi niya pagtitiwala sa Dios sa Nob, at ang kanyang ikalawang pagkakamali ay ang kanyang panlilinlang sa harap ni Achis. Si David ay nagpahayag ng marangal na mga likas ng pagkatao, at ang kanyang moralidad ang sanhi ng pagkalugod sa kanya ng mga tao; subalit nang ang

pagsubok ay dumating sa kanya, ang kanyang pananampalataya ay nauga, at ang kahinaan ng tao ay nahayag. Ang naging tingin niya sa bawat lalaki ay isang tiktik at isang tagapagkanulo. Sa isang malaking biglang pangangailangan si David ay tumingin sa Dios na may tapat namang pananampalataya, at napatay ang higanteng Filisteo. Siya'y naniwala sa Dios, siya'y humayo sa kanyang pangalan. Subalit nang siya'y hinuhuli at inuusig, ang pagkalito at pag-aalala ay halos tumabing na sa kanyang Amang nasa langit mula sa kanyang
[780] paningin.

Gano'n pa man ang karanasang ito ay nagsisilbi upang si David ay maturuan ng karunungan; sapagkat inakay siya noon upang mabatid ang kanyang kahinaan at ang pangangailangan niyang patuloy na pagpapakalinga sa Dios. O, anong halaga ng matamis na impluwensya ng Espiritu ng Dios kapag ito'y dumarating sa mga nag- aalala at nawawalan ng pag-asa na mga kaluluwa, nagpapalakas ng loob sa nanlulupaypay, nagpapalakas sa mahina, at nagbibigay ng katapangan at tulong sa mga sinusubok na mga lingkod ng Dios! O, anong Dios ang atin, na mahinahon sa nagkakasala at nagpapahayag ng Kanyang pagpapasensya at pagmamahal sa panahon ng pangangailangan, at kung tayo ay napupuspos ng ilang malaking kalungkutan.

Ang bawat pagkakamali sa bahagi ng mga anak ng Dios ay dahil sa kakulangan ng kanilang pananampalataya. Kapag ang kadiliman ay nakapalibot sa kaluluwa, kung tayo ay nagkukulang sa liwanag at sa pagpatnubay, tayo ay kinakailangang tumingin sa itaas; mayroong liwanag sa kabila ng kadiliman. Si David ay hindi dapat nagkaroon ng hindi pagtitiwala sa Dios kahit sa isang sandali. Siya ay mayroong dahilan upang magtiwala sa kanya: siya ang pinahiran ng Panginoon, at sa kalagitnaan ng panganib siya ay iningatan ng mga anghel ng Dios; siya ay nasandatahan ng tapang upang gumawa ng kahanga-hangang mga bagay; at kung inalis lamang niya ang kanyang pag-iisip sa nakapag-aalalang kalagayan na kung saan siya ay napalagay, at inisip ang kapangyarihan at karilagan ng Dios, nagkaroon sana siya ng kapayapaan sa kalagitnaan ng mga lilim ng kamatayan; ma- gagawa niyang banggitin na may pagtitiwala ang pangako ng Panginoon, "Ang mga bundok ay mangapapaalis, at ang mga burol ay mangapapalipat; ngunit ang aking kagandahang-loob ay hindi

hihiwalay sa iyo, o ang akin mang tipan ng kapayapaan ay maalis." Isaias 54:10.

Sa mga kabundukan ng Juda, si David ay naghanap ng mapagkukublihan mula sa paghabol ni Saul. Ginawa niyang mabuti ang kanyang pagtakas tungo sa yungib ng Adullam, isang lugar na kung saan, kasama ang isang maliit na puwersa, ay maaaring maingatan laban sa isang malaking hukbo. "At nang mabalitaan ng kanyang mga kapatid at ng sambahayan ng kanyang ama, kanilang nilusong siya roon." Ang sambahayan ni David ay hindi maaaring makadama ng pagiging ligtas, sa kaalaman na anumang oras ang hindi makatarungang paghihinala ni Saul ay maaaring ituon laban [781]
sa kanila dahil sa kanilang relasyon kay David. Kanila na ngayong nalaman— ang malalaman ng pangkalahatan sa Israel—na pinili ng Dios si David bilang pinuno ng Kanyang bayan sa hinaharap; at sila'y nanini- wala na sila ay higit na ligtas kung kasama siya, bagaman siya ay isang pugante sa isang malungkot na yungib, kaysa kung sila ay nakalantad sa wala sa sarili na pagkagalit ng isang naninibughong hari.

Sa yungib ng Adullam ang sambahayan ay nagkaisa sa pagdadamayan at pag-iibigan. Ang anak ni Isai ay maaaring gumawa ng himig sa pamamagitan ng tinig at ng alpa samantalang kanyang inaawit, "Masdan ninyo, na pagkabuti at pagkaligaya sa mga magkakapatid na magsitahang magkakasama sa pagkakaisa!" Mga Awit 133:1. Kanyang nalasahan ang kapaitan ng hindi pagtitiwala ng kanyang mga kapatid; at ang pagkakasundo na pumalit sa lugar ng di pagkakasundo ay naghatid ng kagalakan sa puso ng isang naglagalag. Dito ni David kinatha ang ika-limampu't pitong awit.

Di nagtagal ang grupo ni David ay sinamahan ng iba pa na nagnanais makatakas sa pagiging mapaghanap ng hari. Marami ang nawalan na ng tiwala sa hari ng Israel, sapagkat nakikita nila na hindi na siya pinapatnubayan ng Espiritu ng Panginoon. "At bawat isa na napipighati, at bawat isa na may utang, at bawat isa na may kalum- bayan" ay nagtungo kay David, "at siya'y naging punong kawal nila: at nagkaroon siya ng may apat na raang tao." Dito si David ay nagkaroon ng sariling maliit na kaharian, at doon ay may kaayusan at disiplina. Subalit maging sa pahingahang ito sa mga bundok siya ay malayo sa pagdama ng pagiging ligtas, sapagkat

patuloy siyang tu- matanggap ng katibayan na hindi pa itinitigil ng hari ang kanyang panukalang pagpatay.

Nakasumpong siya ng mapagkukublihan para sa kanyang mga magulang sa hari ng Moab, at nangyari, sa isang babala ng panganib mula sa isang propeta ng Panginoon, siya ay tumakas mula sa lugar na kanyang pinagtataguan tungo sa gubat ng Mareth. Ang karanasang dinadaanan ni David ay hindi naging walang halaga o hindi nagbunga. Siya ay binibigyan ng Dios ng isang landas ng pagdisiplina upang ihanda siya na maging isang matalinong heneral at isang makatarungan at mahabaging hari. Kasama ng kanyang grupo ng mga pugante siya ay nagkakaroon ng paghahanda upang
[782] ang gawain, na dahil sa pagnanasang pumatay at bulag sa kawalan ng mabuting pagpapasya, si Saul ay nagiging lubhang hindi angkop upang guma- nap. Wala nang kasing lala, kasing wala nang pag-asa, tulad sa pagsunod sa karunungan ng tao, na hindi napapatnubayan ng kalooban ng Dios.

Si Saul ay naghahanda upang mabitag at mahuli si David sa yungib ng Adullam, at nang matuklasan na ang dakong ito na pinagkukublian ay iniwan na ni David, ang hari ay lubhang nagalit. Ang naiisip lamang niya na dahilan noon ay yaong sa kanyang kampo ay mayroong traidor, na nagbigay alam sa anak ni Isai tungkol sa kanilang kalapitan at sa kanilang panukala.

Tiniyak niya sa kanyang mga tagapayo na mayroong pagsasabwa- tang nabuo laban sa kanya, at sa pag-aalok ng mayayamang mga kaloob at posisyon ng karangalan sinuhulan niya sila upang ipahayag kung sino sa kanyang bayan ay may pakikipagkaibigan kay David. Si Doeg na isang Edomita ay naging tagapagsumbong. Kinilos ng am- bisyon at kaimbutan, at ng galit sa saserdote, na nagsansala sa kanyang kasalanan, isinalaysay ni Doeg ang pagdalaw ni David kay Ahimelech, ipinahayag ang bagay na iyon sa paraang makapupukaw sa galit ni Saul laban sa lalaki ng Dios. Ang mga salita ng pilyong dilang iyon, nagpasindi sa malaimpiyernong apoy, na kumilos sa pinaka malalang simbuyo ng damdamin sa puso ni Saul. Nasiraan ng bait dahil sa galit, kanyang ipinag-utos na ang buong sambahayan ng saserdote ay kinakailangang mamatay. At ang kilabot na utos ay isinakatuparan. Hindi lamang si Ahimelech, kundi pad ang mga kaanib ng sambahayan ng kanyang ama—"walumpu't limang lalaki na nag- susuot ng epod na lino"—ang napatay sa ip-

inag-utos ng hari, sa pamamagitan ng kamay ni Doeg na handang pumatay.

"At sinugatan ng talim ng tabak ang Nob, ang bayan ng mga saserdote, ang mga lalaki at gayon din ang mga babae, ang mga bata at ang mga pasusuhin, at ang mga baka at ang mga asno at ang mga tupa." Ito ang maaaring magawa ni Saul sa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas. Nang sabihin ng Dios na ang kasalanan ng mga Amalekita ay puno na, at iniutos sa kanya na puksain silang lubos, inisip niya na siya ay lubhang maawain upang isakatuparan ang hatol ng Dios, at hindi niya pinatay yaong itinalaga na upang patayin; subalit ngayon, na walang ipinag-uutos mula sa Dios sa ilalim ng pagpatnubay ni Satanas, kaya niyang patayin ang mga saserdote ng Panginoon at maghatid ng pagkawasak sa mga naninirahan sa Nob. [783]
Gano'n ang nagiging pagkasira ng puso ng tao na tumatanggi sa pagpatnubay ng Dios.

Ang ginawang ito ay naghatid ng takot sa buong Israel. Ang hari na kanilang pinili ang gumawa ng kalupitang iyon, at ginaya lamang niya ang ginagawa ng mga hari ng ibang mga bansa na walang pagkatakot sa Dios. Ang kaban ay nasa kanila, subalit ang mga saserdote na kanilang pinagtatanungan ay pinatay na sa pamamagitan ng [784]

# Kabanata 65—Ang Kagandahang-loob ni David

Ang kabanatang ito ay batay sa 1 Samuel 22:20- 23; 23 hanggang 27.

Makalipas ang napakalupit na pagpatay sa mga saserdote ng Panginoon, "isa sa mga anak ni Ahimelech na anak ni Ahitob na nagngangalang Abiathar ay tumanan, at tumakas na sumunod kay David. At isinaysay ni Abiathar kay David na pinatay na ni Saul ang mga saserdote ng Panginoon. At sinabi ni David kay Abiathar, Ta- lastas ko nang araw na yaon na si Doeg na Idumeo ay naroon, na kanyang mnay na sasaysayin kay Saul: ako'y naging kadahilanan ng kamatayan ng lahat ng mga tao sa sambahayan ng iyong ama. Matira kang kasama ko, huwag kang matakot; sapagkat siya na umuusig ng aking buhay ay umuusig ng iyong buhay: sapagkat kasama kita ay maliligtas ka."

Hinahabol pa rin ng hari, si David ay walang masumpungang lugar na may kapahingahan o kaligtasan. Sa Keila iniligtas ng kanyang matapang na grupo ang bayan mula sa pananakop ng mga Filisteo, subalit hindi sila ligtas doon, maging sa kalagitnaan ng bayan na kanilang iniligtas. Mula sa Keila sila ay nagtungo sa ilang ng Ziph.

Sa panahong ito, na lubhang kakaunti lamang ang naliliwanagang dako sa landas ni David, siya ay pinagalak na magkaroon ng hindi inaasahang pagdalaw ni Jonathan, na nakaalam kung saan siya nagkukubli. Mahahalaga ang mga sandaling ginugol ng dalawang magkaibigang ito samantalang sila ay magkasama. Isinalaysay nila ang iba't ibang mga karanasan nila, at pinasigla ni Jonathan ang puso ni David, na sinabi, "Huwag kang matakot: sapagkat hindi ka masusumpungan ng kamay ni Saul na along ama; at ikaw ay magiging hari sa Israel, at ako'y magiging pangalawa mo; at nalalamang gayon ni Saul na aking ama." Samantalang kanilang pinag-uusapan ang mga kahangahangang pakikitungo ng Dios kay David, ang hinahabol na pugante ay lubhang napasigla. "At silang dalawa ay

nagti- panan sa harap ng Panginoon: at si David ay tumahan sa gubat, at si Jonathan ay umuwi sa kanyang bahay.” [785]

Makalipas ang pagdalaw ni Jonathan, pinasigla ni David ang kanyang kaluluwa sa pamamagitan ng mga awit ng pagpuri, sinasabayan ang kanyang tinig ng kanyang alpa samantalang siya’y umaawit ng:

“Sa Panginoon ay nanganganlong ako:
Ano’t inyong sasabihin sa aking kaluluwa,
Tumakas ka na gaya ng isang ibon sa iyong bundok?
Sapagkat narito, binalantok ng masama ang busog,
Kanilang inihahanda ang kanilang palaso sa bagting,
Upang kanilang mapahilagpusan sa kadiliman ang matuwid sa puso.
Kung ang mga patibayan ay masira,
Anong magagawa ng matuwid?
Ang Panginoon ay nasa Kanyang banal na templo,
Ang Panginoon, ang Kanyang luklukan ay nasa langit;
Ang kanyang mga mata ay nagmamalas, ang kanyang mga talukap
mata ay nagmamasid sa mga anak ng mga tao.
Sinusubok ng Panginoon ang matuwid;
Ngunit ang masama at ang umiibig ng pangdadahas
ay kinapopootan ng kanyang kaluluwa.”

Mga Awit 11:1-5.

Ang mga Zipheo, na sa kanilang mga rehiyon si David ay nagtungo mula sa Keila, ay nagpasabi kay Saul sa Gabaa na alam nila kung saan nagtatago si David, at kanilang ituturo sa hari ang kanyang kinaro- roonan. Subalit si David, nang mababalaan tungkol sa kanilang mga panukala, ay lumipat sa ibang kalalagyan, na humanap ng mapagtata- guan sa mga bundok sa pagitan ng Maon at ng Patay na Dagat.

At muli ang pahayag ay pinarating kay Saul, “Narito, si David ay nasa ilang ng En-gaddi. Nang magkagayo’y kumuha si Saul ng tatlong libong piling lalaki sa buong Israel, at yumaong inusig si David at ang kanyang mga lalaki sa mga bundok ng maiilap

na kambing." Si David ay mayroon lamang kasamang anim na raang mga lalaki, samantalang si Saul ay sasalakay laban sa kanya na may isang hukbo na may tatlong libo. Sa isang nakakubling yungib ang anak ni Isai at ang kanyang mga lalaki ay naghintay sa pagpatnubay ng Dios kung ano ang dapat gawin. Samantalang si Saul ay pumapanhik sa mga bundok, siya ay lumihis, at pumasok na mag-isa, sa yungib na pinag- tataguan ni David at ng kanyang grupo. Nang ito ay makita ng mga lalaki ni David iginiit nila sa kanilang pinuno na patayin si Saul. Ang katotohanan na ngayon ang hari ay nasa kanilang kapangyarihan na ay iniisip nila na isang malinaw na katibayan na ibinigay mismo ng Dios ang kanilang
[786] kaaway sa kanilang kamay, upang kanilang ma- patay siya. Si David ay tinuksong panghawakan ang ganitong pana- naw sa bagay na iyon; subalit ang tinig ng konsensya ay nagsalita sa kanya, na nagsasabi, "Huwag mong galawin ang pinahiran ng langis ng Panginoon."

Ang mga lalaki ni David ay hindi pa rin makapayag na iwanan si Saul na mapayapa, ipinaalala nila sa kanilang pinuno ang mga salita ng Dios, "Narito, aking ibibigay ang iyong kaaway sa iyong kamay, at iyong gagawin sa kanya kung ano ang mabutihin mo. Nang magkagayo'y tumindig si David at pinutol na lihim ang laylayan ng balabal ni Saul." Ngunit makalipas iyon ay sinaktan siya ng kanyang konsensya, sapagkat sinira niya ang kasuutan ng hari.

Si Saul ay tumindig at lumabas mula yungib upang ipagpatuloy ang kanyang paghahanap, nang isang tinig ang kanyang narinig na nagpamangha sa kanyang mga mata, na nagsasabi, "Panginoon ko na hari." Siya ay lumingon upang tingnan kung sino ang nagsasalita sa kanya, at kanyang nakita! iyon ay ang anak ni Isai, ang lalaki na matagal na niyang ninanasang mapasa ilalim ng kanyang kapangyarihan upang kanyang mapatay. Si David ay yumuko sa hari, kinikilala siya bilang kanyang panginoon. Nang magkagayon ay nagsalita siya kay Saul ng ganitong mga pananalita "Bakit ka nakikinig sa mga salita ng mga tao, na nagsasabi, Narito, pinagsisikapan kang saktan ni David? Narito, nakita ngayon ng iyong mga mata kung paanong ibinigay ka ngayon ng Panginoon sa aking kamay laban sa aking Panginoon; sapagkat siya ang pinahiran ng langis ng Panginoon. Bukod dito'y iyong tingnan, ama ko, oo, tingnan mo ang laylayan ng iyong balabal sa aking kamay sapagkat sa pagputol ko ng laylayan ng iyong balabal ay hindi kita pinatay, talastasin mo at tingnan mo

na wala kahit kasamaan o pagsalangsang man sa aking kamay, at hindi ako nagkasala laban sa iyo, bagaman iyong pinag-uusig ang aking kaluluwa upang kunin."

Nang marinig ni Saul ang pananalita ni David siya ay nanliit at walang ibang magawa kundi tanggapin ang katotohanan noon. Ang kanyang kalooban ay lubhang nakilos nang kanyang mabatid kung paanong siya ay lubos nang napailalim sa kapangyarihan ng lalaki na sinisikap niyang patayin. Si David ay tumindig sa harap niya na batid ang kawalan ng pagkakasala. May napalambot na espiritu, si Saul ay biglang nagsalita, "Ito ba ang iyong tinig, anak kong David? At inilakas ni Saul ang kanyang tinig, at umiyak." At kanyang sinabi kay David, "Ikaw ay lalong matuwid kaysa akin: [787]
sapagkat ikaw ay gu- manti sa akin ng mabuti, samantalang ikaw ay aking ginantihan ng kasamaan.... Sapagkat kung masumpungan ng isang tao ang kanyang kaaway, pababayaan ba niyang yumaong mabuti? Kaya't gantihan ka nawa ng Panginoon ng mabuti dahil sa iyong ginawa sa akin sa araw na ito. At ngayo'y narito, talastas ko na ikaw ay tunay na magiging hari, at ang kaharian ng Israel ay matatatag sa iyong kamay." At si David ay nakipagtipan kay Saul na kung iyon ay maganap kanyang pakikitunguhan ng mabuti ang sambahayan ni Saul, at hindi papawiin ang kanyang pangalan.

Batid ang ginawa ni Saul sa nakalipas, si David ay hindi maaaring magtiwala sa paniniyak ng hari, ni makaasa na ang nagsisisi niyang kalagayan ay matagal na magpapatuloy. Kaya't nang si Saul ay umuwi sa kanyang tahanan si David ay nanatili sa matibay na mga tanggulan sa mga bundok.

Ang pagkagalit laban sa mga lingkod ng Dios na iniibig noong mga sumasang-ayon sa kapangyarihan ni Satanas ay napapalitan paminsan-minsan ng pagkadama ng pakikipagkasundo at kaluguran, subalit ang pagpapalit na iyon ay hindi palaging napapatunayang tumatagal. Matapos na ang mga taong may masamang pag-iisip ay makagawa at makapagsalita ng masasamang mga bagay sa mga lingkod ng Panginoon, ang pagkabatid na sila ay nakagawa ng pagkakamali minsan ay natatanim ng malalim sa kanilang isip. Ang Espiritu ng Panginoon ay nakikipagpunyagi sa kanila, at kanilang pinagpapa- kumbaba ang kanilang mga puso sa harap ng Dios, at sa harap noong ang impluwensya ay sinisikap nilang kitilin, at maaaring mag- bago ang kanilang pakikitungo sa kanila.

Subalit sa muling kanilang tanggapin ang mga mungkahi ng isang masama, ang dating pagdududa ay nagpapanibagong sigla, ang dating pagkagalit ay napupukaw, at sila'y bumabalik sa dating gawain na kanilang pinagsisisihan. Muli silang nagsasalita ng masama, nagpaparatang at nanunuligsa sa pinakamapait na paraan doon mismo sa kanilang pinagpahayagan ng kanilang pinakamapagpakumbabang pagpapahayag. Maaaring ma- gamit ni Satanas na may higit na kapangyarihan ang mga gano'ng kaluluwa kapag ang gano'n ang nangyari kaysa sa dati, sapagkat sila'y nagkakasala sa ibayo pang liwanag.

"At namatay si Samuel; at nagpipisan ang buong Israel, at tinag-
[788] huyan siya, at inilibing siya sa kanyang bahay sa Rama." Ang pagkamatay ni Samuel ay itinuring sa Israel na isang hindi na maaaring maibalik na pagkawala. Isang dakila at mabuting propeta at isang tanyag na hukom ang nahulog sa kamatayan, at ang kalungkutan ng bayan ay malalim at nadadama ng puso. Mula sa kanyang pagkabata patuloy si Samuel na lumakad sa harap ng Israel sa katapatan ng kanyang puso; bagaman si Saul ay kinilalang hari, si Samuel ay nagkaroon ng ibayong makapangyarihang impluwensya kay Saul, sapagkat ang kanyang tala ay isang may katapatan, pagkamasunurin, at pagtatalaga. Mababasa natin na siya ay naging hukom sa Israel ng buong buhay niya.

Samantalang pinaghahambing ng bayan ang landas ni Saul at ni Samuel, nakita nila ang kanilang pagkakamali sa pagnanasa ng isang hari upang sila'y huwag maiba sa mga bansa sa palibot nila. Marami ang tumingin na may pagkabahala sa kalagayan ng lipunan, na mabilis na nahahaluan ng kawalan ng pagka maka-Dios at kawalan ng kabanalan. Ang halimbawa ng kanilang hari ay lumilikha ng isang laganap na impluwensya, at angkop lamang na ang Israel ay mag- dalamhati na si Samuel, ang propeta ng Panginoon, ay patay na.

Nawala sa bayan ang tagapagtatag at pangulo ng mga banal na paaralan, subalit hindi lamang iyon. Nawala siya na nakasanayan ng mga taong puntahan dala ang kanilang malalaking mga suliranin— nawala ang isa na walang patid na namamagitan sa Dios alang-alang sa pinakamabuting kapakanan ng bayan. Ang mga pagdalangin ni Samuel ay nagbigay ng pagkadama ng kaligtasan; sapagkat "malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong

matuwid." Santiago 5:16. Nadama ngayon ng mga taong bayan na sila'y itinatakwil ng Dios. Ang hari ay kaunti na lamang ay sira na ang ulo. Ang katarungan ay naging masama. Ang kaayusan ay pinalitan ng pagkakagulo.

Ang bayan noon ay pinahihirapan ng panloob na paglalabanan, nang ang tahimik, at may pagkatakot sa Dios na mga payo ay tila kailangang kailangan, na binigyan ng Dios ang kanyang matandang lingkod ng kapahingahan. Mapait ang naging pagmumuni-muni ng mga taong bayan samantalang kanilang pinagmamasdan ang kanyang matahimik na pahingahang dako, at inaalala ang kanilang kahangalan sa pagtanggi sa kanya bilang kanilang pinuno; sapagkat nagkaroon siya ng gano'n na lamang kalapit na pakikipag-ugnayan sa Langit na tila kanyang binibigkis ang buong Israel sa trono ni [789]
Jehova. Si Samuel ang nagturo sa kanila na magmahal at sumunod sa Dios; subalit ngayong siya ay patay na, nadama ng mga taong bayan na sila'y naiwan na sa kahabagan ng isang hari na napalakip kay Satanas, at magpapahiwalay sa taong bayan mula sa Dios at sa Langit.

Si David ay hindi maaaring makadalo sa paglilibing kay Samuel, napighati siya ng lubos at may pagmamahal na tulad sa isang tapat na anak na napipighati sa isang iniibig na ama. Alam niya na ang pagkamatay ni Samuel ay kumitil sa isa pang nakapipigil sa mga ginagawa ni Saul, at nakadama siya ng higit na kakaunting kaligtasan kaysa na ng ang propeta ay nabubuhay pa. Samantalang ang buong pansin ni Saul ay nasa pagtangis sa pagkamatay ni Samuel, sinamantala ni David ang pagkakataon upang magtungo sa isang dako na may higit na kaligtasan; kaya't siya ay tumakas tungo sa ilang ng Paran. Dito niya kinatha ang ika-isang daan at dalawampu at ika dalawampu't isang mga awit. Sa malungkot na kasukalang ito, batid na ang propeta ay patay na, at ang hari ay kanyang kaaway, ay kanyang inawit:

"Ang saklolo sa akin ay nanggagaling sa Panginoon,
Na gumawa ng langit at ng lupa.
Hindi Niya titiising ang paa mo'y makilos:
Siyang nag-iingat sa iyo ay hindi iidlip:
Narito, siyang nag-iingat ng Israel hindi iidlip ni matutulog man....

Iingatan ka ng Panginoon sa lahat ng kasamaan:
Kanyang iingatan ang iyong kaluluwa.
Iingatan ng Panginoon ang iyong paglabas at ang iyong pagpasok
Mula sa panahong ito at sa magpakailan man."

Mga Awit 121:2-8.

Samantalang si David at ang kanyang mga tauhan ay nasa ilang ng Paran, iningatan nila mula sa pamiminsala ng mga magnanakaw ng mga tupa at mga kambing ng isang mayamang lalaki na ang panga- lan ay Nabal, na mayroong malawak na kayamanan sa rehiyong iyon. Si Nabal ay isang inanak ni Caleb, subalit ang kanyang pagkatao ay bastos at kuripot.

Panahon noon ng paggugupit ng balahibo ng tupa, panahon ng pagiging mapagtanggap. Si David at ang kanyang mga tauhan ay nasa lubhang pangangailangan ng mga pagkain; at ayon sa kaugalian noong mga panahong iyon, ang anak ni Isai ay nagsugo ng sam-
[790] pung mga kabataang lalaki tungo kay Nabal, pinag-utusan silang batiin siya sa ngalan ng kanilang panginoon; at kanyang idinagdag: "Ganito ang sasabihin ninyo sa kanya na nabubuhay na maginhawa, kapaya- paan nawa ang sumaiyo, at kapayapaan nawa ang sumaiyong sam- bahayan, at kapayapaan nawa ang suma lahat ng iyong tinatangkilik. At ngayo'y aking narinig na ikaw ay nagpapagupit ng balahibo ng tupa; at ang iyong mga pastor nga ay nasa sa amin, at hindi namin inano sila, o nagkulang man ng anomang bagay sa kanilang buong panahon na kanilang ikinaroon sa Carmelo* . Tanungin mo ang iyong mga bataan at kanilang sasaysayin sa iyo: kaya't makasumpong nawa ng biyaya sa iyong mga mata ang mga bataan; sapagkat kami ay naparito sa mabuting araw: isinasamo ko sa iyo, na ibigay mo ang anomang masumpungan mo sa iyong kamay, sa iyong mga lingkod, at sa iyong anak na kay David."

Si David at ang kanyang mga tauhan ay naging tulad sa isang bakod na tagapag-ingat sa mga pastor at mga kawan ni Nabal; at ngayon ang mayaman na lalaking ito ay hinihilingang magbigay inula sa kanyang kasaganahan ng ilang tulong para sa mga panganga- ilangan noong mga nakagawa sa kanya ng ganon kalaking

*Hindi Bundok Carmel, ngunit lugar sa Juda, malapit sa bayan na Maon.

pagliling- kod. Si David at ang kanyang mga tauhan ang maaari sanang kumu- ha na lamang mula sa mga tupa at mga kambing, subalit hindi nila ginawa iyon. Kumilos sila sa isang tapat na paraan. Ang kanilang kagandahang-loob ay bale wala kay Nabal. Ang sagot na ipinabalik niya kay David ay nagpapahayag ng kanyang pagkatao: "Sino si David? at sino ang anak ni Isai? maraming mga bataan ngayon sa mga araw na ito na nagsisilayas bawat isa sa kanyang panginoon. Akin nga bang kukunin ang aking tinapay at ang aking tubig, at ang aking hayop na aking pinatay dahil sa aking mga mang-gugupit, at aking ibibigay sa mga tao na hindi ko nakikilala kung taga saan?" Nang ang mga kabataang mga lalaki ay nagsibalik na walang dala at isinaysay ang pangyayari kay David, siya ay napuno ng galit. Ipi- nag-utos niya sa kanyang mga tauhan para sa isang pakikipagsagupaan; sapagkat kanyang ipinagpasyang parusahan ang lalaki na nagkait sa kanya ng kanyang karapatan, at nang-insulto pa. Ang padalus-dalos na pagkilos na ito ay higit na katugma ng likas ni Saul kaysa kay David, subalit kailangan pa ring matutunan ng anak ni Isai ang liksyon ng pagpapasensya sa paaralan ng kahirapan.

Isa sa mga lingkod ni Nabal ang nagmadaling nagtungo kay Abigail, ang asawa ni Nabal, matapos na kanyang mapaalis ang mga [791]
tauhan ni David, at sinabi sa kanya kung ano ang nangyari. "Narito," wika niya, "si David ay nagsugo ng mga sugo mula sa ilang upang bumati sa ating panginoon; at kanyang tinanggihan. Ngunit ang mga lalaki ay napakabuti sa amin, at hindi kami sinaktan, o nagkulang man na anomang bagay habang kami ay nakikisama sa kanila, nang kami ay nasa mga parang: Sila'y naging kuta sa amin sa gabi at araw gayon din sa buong panahong aming ikinaroon sa kanila, sa pag-aalaga ng mga tupa. Ngayon nga'y iyong alamin at dilidilihin kung ano ang iyong gagawin; sapagkat ang kasamaan ay ipinasya na laban sa ating panginoon, at laban sa kanyang buong sambahayan."

Hindi na tinanong ang kanyang asawa ni sinabi sa kanya ang kanyang layunin, si Abigail ay kumuha ng sasapat na mga pagkain, na nang maisakay sa mga asno, na kanyang pinauna na dala ng kanyang mga lingkod, at siya ay humayo rin upang salubungin ang grupo ni David. Nakasalubong niya sila sa isang nakukubliang dako sa isang burol. "At nang makita ni Abigail si David, ay nagmadali siya, at lumunsad sa kanyang asno, at nagpatirapa sa harap ni David at yu- mukod sa lupa. At siya'y nagpatirapa sa kanyang mga paa at

nagsabi, Mapasa akin, panginoon ko, mapasa akin ang kasamaan: at isinasamo ko sa iyo na iyong papagsalitain ang iyong lingkod sa iyong pakinig." Nagsalita si Abigail kay David na may mabuting paggalang na tila siya ay nagsasalita sa isang may koronang hari. Si Nabal ay nanlilibak na nagsabing, "Sino si David?" subalit siya ay tinawag ni Abigail na, "aking panginoon." Sa pamamagitan ng may mabuting loob na mga pananalita sinikap niyang amuin ang kanyang galit na damdamin, at nakiusap siya sa kanya alang-alang sa kanyang asawa. Walang anumang pagmamarangya o pagmamalaki, subalit puspos ng karunungan at ng pag-ibig ng Dios, ipinahayag ni Abigail ang tindi ng kanyang pagtatalaga sa kanyang sambahayan; at nilinaw niya kay David na ang hindi mabuting ginawa ng kanyang asawa ay hindi isang pananadya laban sa kanya bilang isang pangsariling lantarang paghamak, kundi pawang isang silakbo ng isang hindi masaya at isang makasariling likas.

"Ngayon nga, panginoon ko, buhay ang Panginoon, at buhay ang iyong kaluluwa, yamang ikaw ay pinigil ng Panginoon sa pagbububo ng dugo, at sa paghihiganti mo ng iyong sariling kamay, kaya nga
[792] ang iyong mga kaaway at yaong mga umuusig ng kasamaan sa aking panginoon ay maging gaya ni Nabal." Hindi ni Abigail inangkin ang karangalan na napigil -si David sa kanyang biglaang layunin, sa halip ay ibinigay sa Dios ang karangalan at ang papuri. At nang magkaga- yon ay kanyang ipinagkaloob ang kanyang maraming mga pagkain bilang isang handog tungkol sa kapayapaan sa mga tauhan ni David, at nakiusap pa rin na tila siya mismo ang dahilan ng galit ng pinuno.

"Isinasamo ko sa iyo," wika niya, "na iyong ipatawad ang pagkasalangsang ng iyong lingkod: sapagkat tunay na gagawin ng Panginoon ang aking panginoon ng isang sambahayan na tiwasay, sapagkat ibinabaka ng aking panginoon ang mga pagbabaka ng Panginoon; at ang kasamaan ay hindi masusumpungan sa iyo sa lahat ng iyong mga araw." Ipinahiwatig ni Abigail ang daan na dapat sundin ni David. Dapat niyang ipagbaka ang pagbabaka ng Panginoon. Hindi siya dapat maghiganti para sa kanyang sarili, bagaman siya ay inuusig na tila isang traydor. At kanyang ipinagpatuloy: "Bagaman bumangon ang isang lalaki upang habulin ka, at usigin ang iyong kaluluwa, gayon ma'y ang kaluluwa ng aking panginoon ay mananatili sa talian ng buhay na kasama ng Panginoon mong

Dios.... At mang- yayari, pagka nagawa ng Panginoon ang ayon sa lahat ng mabuti na Kanyang sinalita tungkol sa iyo, at Kanyang naihalal ka na prinsipe sa Israel; na ito'y hindi magiging kalumbayan sa iyo o kutob man ng loob sa aking panginoon, maging ikaw ay nagbubo ng dugo sa walang kabuluhan, o gumanti ng sa kanyang sarili ang aking panginoon: at pagka gumawa ang Panginoon ng mabuti sa aking panginoon, alalahanin mo nga ang iyong lingkod." 1 Samuel 25:29-31.

Ang mga pananalitang ito ay maaaring manggaling lamang sa mga labi ng isa na nakibahagi sa karunungang nagmumula sa itaas. Ang pagka maka-Dios ni Abigail, tulad sa halimuyak ng isang bulaklak, ay pumailanglang na lahat ng kusa sa mukha sa pananalita at sa kilos. Ang Espiritu ng Anak ng Dios ay nananahan sa kanyang puso. Ang kanyang pagsasalita, na may panghalina, at puspos ng kagandahang loob at kapayapaan, ay nagpapailanglang ng isang makalangit na impluwensya. Lalong mabuting damdamin ang sumapit kay David, at siya ay kinilabutan nang kanyang isipin ang magiging mga bunga ng kanyang biglaang layunin. "Mapalad ang mga mapagpayapa: sapagkat sila'y tatawaging mga anak ng Dios." Mateo 5:9. Sana ay marami pa ang tulad sa babaeng ito ng Israel, na magpapaamo sa galit na damdamin, hahadlang sa mga mapusok na mga simbuyo ng damdamin, at susugpo sa malalaking mga kasamaan [793] sa pamamagitan ng mga salitang mapayapa at may mahusay na ginagamit na karu- nungan.

Ang isang natalagang buhay Kristiano ay laging nagbibigay ng liwanag at aliw at kapayapaan. Ito ay nakikilala sa kadalisayan, kaparaanan, kapayakan, at pagiging kapakipakinabang. Iyon ay kinikilos ng hindi makasariling pag-ibig na nagpapabanal sa impluwensya. Iyon ay puspos ni Kristo, at nag-iiwan ng bakas ng liwanag saan man magtungo ang may taglay nito. Si Abigail ay isang matalinong taga- pagsansala at tagapayo. Napawi ang matinding galit ni David sa ilalim ng kapangyarihan ng kanyang impluwensya at pangangatuwiran. Siya ay napaniwala na siya ay tumatahak sa isang hindi mabu- ting landas at hindi niya napigilan ang sarili niyang espiritu.

May mapagpakumbabang puso na tinanggap niya ang pagsansala, ayon sa sarili niyang mga pananalita, "Sugatan ako ng matuwid, magiging kagandahan pa ng loob; at sawayin niya ako, magiging parang langis sa ulo." Mga Awit 141:5. Nagbigay siya

ng pasasalamat at pagpapala sapagkat kanya siyang pinayuhan sa katuwiran. Marami ang kapag sinansala, ay nag-aakalang kapuri-puri kung kanilang ta- tanggapin ang pagsansala na hindi nagagalit; subalit kakaunti la- mang ang tumatanggap ng pagsansala na may pusong nagpapasala- mat at nagpapala doon sa nagliligtas sa kanila mula sa paggawa ng masama.

Nang si Abigail ay umuwi kanyang nasumpungan si Nabal na may mga panauhin at nasa pagkakagalak sa isang malaking piging, na ginawa nilang isang tagpo ng paglalasingan. Hindi niya isinaysay hanggang kinaumagahan ang naganap sa pakikipagtagpo niya kay David. Si Nabal nga ay may duwag na puso; at nang kanyang mabatid kung paanong muntik na siyang inihatid ng kanyang kahangalan sa isang biglang pagkamatay, siya ay nagmukhang hinampas ng paralisis. Sa takot na baka ituloy pa rin ni David ang panukala niyang maghiganti, siya ay napuno ng malaking takot, at siya ay nabuwal at nawalan ng pakiramdam. Makalipas ang sampung araw siya ay namatay. Ang buhay na ibinigay sa kanya ng Dios ay naging sumpa lamang sa sanlibutan. Sa kalagitnaan ng kanyang pagkakagalak at mga kasiyahan, ay sinabihan siya ng Dios ng tulad sa Kanyang sinabi sa talinhaga tungkol sa mayamang lalaki, "Hihingin
[794] sa iyo sa gabing ito ang iyong kaluluwa." Lucas 12:20.

Makalipas iyon ay pinakasalan ni David si Abigail. Siya ay may- roon nang isang asawa, subalit ang kaugalian ng mga bansa noong kanyang kapanahunan ang sumira sa kanyang pagpapasya at nakaim- pluwensya sa kanyang ginawa. Maging ang mga dakila at mabubu- ting mga lalaki ay nagkamali sa pagsunod sa mga kaugalian ng sanlibutan. Ang mapait na bunga ng pagkakaroon ng maraming asawa ay lubhang nadama sa buong panahon ng buhay ni David.

Makalipas ang pagkamatay ni Samuel, si David ay nagkaroon ng ilang kapayapaan sa loob ng ilang buwan. At muli siyang nagtungo sa matataliimik na mga dako ng mga Zipheop; subalit ang mga kaaway na ito, sa pag-asang makakapagbigay lugod sa hari, ay nagsabi sa kanya kung saan nagtatago si David. Ang kaalamang ito ay pumukaw sa demonyong damdamin na natutulog sa dibdib ni Saul. Minsan pa ay ipinatawag niya ang kanyang mga kawal at pinangunahan sila sa pag-usig kay David. Subalit ang mga kaibigang mga tiktik ay nagbi- gay alam sa anak ni Isai na siya ay muling hinahanap ni Saul; at kasama ang kaunti sa kanyang mga tauhan,

si David ay nagsimulang alamin kung saan naroon ang kanyang kaaway. Gabi noon, nang maingat sa pagsulong, sila ay nakarating sa kampamento, at nakita sa harap nila ang mga tolda ng hari at ng kanyang mga lingkod. Walang nakakakita sa kanila, sapagkat ang kampo ay matahimik sa pag- kakatulog. Tinawag ni David ang kanyang mga kaibigan upang sumama sa kanya sa pinaka kalagitnaan ng kanilang mga kalaban. Bilang tugon sa kanyang tanong na, "Sinong lulusong na kasama ko kay Saul sa kampamento?" si Abisai ay mabilis na sumagot, "Ako'y lulusong na kasama mo."

Nakukublian ng malalim na mga anino ng mga burol, si David at ang kanyang kasama ay pumasok sa kampamento ng kaaway. Samantalang kanilang inaalam ang tiyak na bilang ng mga kaaway, sila ay nakarating kay Saul na natutulog, ang kanyang sibat ay nakatusok sa lupa, at isang banga ng tubig sa kanyang ulunan. Sa tabi niya ay nakahiga si Abner, ang kanyang punong kawal, at sa buong palibot nila ay ang mga sundalo, na mahimbing ang tulog. Itinaas ni Abisai ang kanyang sibat at sinabi kay David , "Ibinigay ng Dios ang iyong kaaway sa iyong kamay sa araw na ito: Ngayon nga'y isinasamo ko sa iyo, na bayaan mong tuhugin ko siya ng sibat sa lupa sa isang saksak, at hindi ko pagmamakalawahin." Naghintay siya sa mga salitang nagpapahintulot; ngunit narinig ng kanyang
tainga ang mga pana- nalitang pabulong: "Huwag mong patayin [795]
siya: sapagkat sinong mag- uunat ng kanyang kamay laban sa pinahi- [796]
ran ng Panginoon at mawa- walan ng sala?...Buhay ang Panginoon,
ang Panginoon ay siyang sasakit sa kanya; o darating ang kanyang [797]
kaarawan upang mamatay; o siya'y lulusong sa pagbabaka, at mamamatay. Huwag itulot ng Panginoon na aking iunat ang aking kamay laban sa pinahiran ng langis ng Panginoon: ngunit ngayo'y iyong kunin, isinasamo ko sa iyo, ang sibat na nasa kanyang ulunan, at ang banga ng tubig, at tayo'y yumaon. Sa gayo'y kinuha ni David ang sibat at ang banga ng tubig sa ulunan ni Saul; at sila'y umalis, at walang nakakita o na- kaalam man, o nagising man ang sinoman: sapagkat sila'y pawang mga tulog; sapagkat isang mahimbing na pagkatulog ang inihulog sa kanila ng Panginoon." Kay daling napapahina ng Panginoon ang pinakamakapangyarihan, naaalisan ng mabuting pag-iisip ang pinakamarunong, at nalilito ang kahusayan ng pinakamapagmasid!

Nang si David ay nasa isang ligtas nang dako mula sa kampamento siya ay tumindig sa tuktok ng isang burol at sumigaw ng may malakas na tinig sa bayan at kay Abner, na nagsasabi, "Hindi ka ba matapang na lalaki? at sinong gaya mo sa Israel? bakit nga hindi mo binantayan ang iyong panginoon na hari? sapagkat pumasok ang isa sa bayan upang patayin ang hari na iyong panginoon. Ang bagay na ito na iyong ginawa ay hindi mabuti. Buhay ang Panginoon, kayo'y marapat na mamatay, sapagkat hindi ninyo binantayan ang inyong panginoon, ang pinahiran ng langis ng Panginoon. At ngayo'y tingnan ninyo kung saan nandoon ang sibat ng hari, at ang banga ng tubig na nasa kanyang ulunan. At nakilala ni Saul ang tinig ni David at nagsabi, Ito ba ang tinig mo, anak kong David? At sinabi ni David, aking tinig nga, panginoon ko, Oh hari. At kanyang sinabi, Bakit hinahabol ng aking panginoon ang kanyang lingkod? sapagkat anong aking ginawa? o anong kasamaan ang nasa aking kamay? Ngayon nga, isinasamo ko sa iyo, na dinggin ng aking panginoon na hari ang mga salita ng kanyang lingkod." Ang pag-amin ay muling namutawi sa mga labi ng hari, "Ako'y nagkasala: bumalik ka, anak kong David: sapagkat hindi na ako gagawa ng masama sa iyo, sapagkat ang aking buhay ay mahalaga sa iyong mga mata sa araw na ito: narito, ako'y nagpakamangmang, at ako'y nagkamali ng di kawasa. At sumagot si David at nagsabi, Tingnan mo ang sibat, Oh hari! paparituhin mo ang isa sa mga
[798] bataan upang kunin." Bagaman si Saul ay nangako na, "hindi na ako gagawa ng masama sa iyo," hindi ni David inilagay ang kanyang sarili sa kanyang kapangyarihan.

Ang ikalawang pagkakataon na ito ng paggalang ni David sa buhay ng hari ay lumikha ng higit pang malalim na impresyon sa pag-iisip ni Saul at naghatid sa kanya sa isang higit na mapagpakumbabang pagkilala sa kanyang pagkakamali. Siya ay namangha at napasuko sa pagpapahayag ng gano'ng kabaitan. Nang mawawalay na mula kay David, si Saul ay nagpahayag, "Pagpalain ka, anak kong David: ikaw ay gagawa na makapangyarihan, at tunay na ikaw ay mananaig." Subalit ang anak ni Isai ay walang pag-asa na ang hari ay matagal na mananadli sa ganitong kalagayan ng pag-iisip.

Si David ay nawalan na ng pag-asang muli pang makakasundo si Saul. Tila tiyak na siya ay mahuhulog na biktima sa masamang panu- kala ng hari, kaya't nagpasya siya na muling magkubli sa

lupain ng mga Filisteo. Kasama ang anim na raang mga lalaki na nasa ilalim ng kanyang pag-uutos, siya ay nagtungo kay Achis, ang hari ng Gath.

Ang kaisipan ni David na tiyak na tutuparin ni Saul ang kanyang panukalang pumatay ay nabuo na walang payo mula sa Dios. Maging samantalang noong si Saul ay nagpapanukala at nagsisikap na patayin siya, ang Panginoon ay gumagawa upang mapasa kay David ang kaharian. Isinasakatuparan ng Dios ang Kanyang mga panukala, ba- gaman sa mata ng tao ang mga iyon ay nakukublihan ng kahiwagaan. Hindi ng tao mauunawaan ang mga paraan ng Dios; at sa pagtingin sa mga paniniyak na ipinapahintulot ng Dios na sumapit sa kanila bilang mga bagay na laban sa kanila, at para lamang sa kanilang ikapapahamak. Sa gano'ng paraan si David ay tumingin sa mga pangyayari, at hindi sa mga pangako ng Dios. Nag-alinlangan siya na siya ay mapupunta pa sa trono. Ang mahabang mga pagsubok ay nagpahina sa kanyang pananampalataya at inubos ang kanyang pagpapasensiya.

Hindi pinapupunta ng Dios si David sa mga Filisteo para sa pagsasanggalang, sa pinakamapait na kaaway ng Israel. Ang bansang ito ay magiging isang pinakamasamang kaaway niya hanggang sa kahulihan, at gayon pa man kailangang pumunta siya sa kanila upang tulungan siya sa panahon ng kanyang pangangailangan. Sapagkat wala nang lahat ang pagtitiwala kay Saul at doon sa mga naglilingkod sa kanya, inihulog niya ang kanyang sarili sa habag ng mga kaaway ng kanyang bayan. Si David ay isang matapang na heneral, at napa- [799]
tunayan ang kanyang sarili na isang matalino at matagumpay na mandirigma, subalit siya ay gumawa ng laban sa sarili niyang ikabubuti nang siya ay magtungo sa mga Filisteo. Siya ay hinirang ng Dios upang itindig ang kanyang sagisag sa lupain ng Juda, at ang kakulangan ng pananampalataya ang umakay sa kanya upang iwan ang kanyang lugar ng tungkulin na walang tagubilin mula sa Panginoon.

Ang Dios ay nalapastangan sa pamamagitan ng hindi paniniwala ni David. Si David ay kinatatakutan ng mga Filisteo ng higit kaysa kay Saul at ng kanyang mga hukbo; at sa pamamagitan ng paglalagay ng kanyang sarili sa ilalim ng pagsasanggalang ng mga Filisteo, ipinahayag ni David sa kanila ang kahinaan ng sarili niyang bayan. Sa gano'ng paraan ay pinasigla niya ang mga hindi hu-

muhupang mga kaaway na ito upang mang-api sa Israel. Si David ay pinahiran upang tumindig sa pagtatanggol sa bayan ng Dios; at hindi ng Dios nais na ang Kanyang mga lingkod ay magpapasigla sa mga masama sa pamamagitan ng paghahayag ng kahinaan ng Kanyang bayan o sa pamamagitan ng pagpapahayag ng pagpapabaya sa kanilang kapakanan. Higit pa doon, ang kanyang mga kapatid ay nagkaroon ng pag-iisip na siya ay nagtungo sa mga hindi kumikilala sa Dios upang maglingkod sa kanilang mga diyos. Sa pamamagitan ng ginawang ito ay nagbigay siya ng dahilan upang maliin ang pagkaunawa sa kanyang mga layunin, at marami ang nagkaroon ng hindi magandang kaisipan tungkol sa kanya. Ang bagay na ninanais ni Satanas na kanyang gawin ay nakaakay sa kanya upang gawin; sapagkat sa paghanap ng mapag- kukublihan sa kalagitnaan ng mga Filisteo, si David ay nagbigay ng dahilan upang magkaroon ng malaking kagalakan sa mga kaaway ng Dios at ng Kanyang bayan. Hindi tinalikuran ni David ang kanyang pagsamba sa Dios ni itinigil niya ang kanyang pagtatalaga sa kanyang gawain; subalit kanyang isinakripisyo ang kanyang pagtitiwala sa Kanya alang-alang sa pangsarili niyang kaligtasan, at sa gano'ng paraan ay binahiran ang matuwid at tapat na likas ng Dios na ipinag-uutos ng Dios na mapasa Kanyang mga lingkod.

Si David ay malugod na tinanggap ng hari ng mga Filisteo. Bahagi ng kainitan ng pagtanggap na ito ay dahil sa siya ay hinahangaan ng hari at isang bahagi sa katotohanan na iyon ay isang labis na pagpuri sa kanyang kapalaluan na ang isang Hebreo ay magpasanggalang sa kanya. Si David ay nakadama ng higit na kaligtasan
[800] sa kataksilan sa nasasakupan ni Achis. Dinala niya ang kanyang pamilya, ang kanyang sambahayan, ang kanyang ari-arian, gano'n din ang kanyang mga tauhan; at sa anumang paraan tingnan siya ay naparito upang If permanente nang manirahan dito sa lupain ng mga Filisteo. Ang lahat ng ito ay kalugod-lugod kay Achis, na nangakong iingatan ang puganteng mga Israelita.

Sa kahilingan ni David na magkaroon ng matitirhan sa lalawigan, na malayo sa lungsod ng hari, malugod na ipinagkaloob ng hari ng Ziklag bilang isang pag-aari. Batid ni David na magiging mapanganib para sa kanyang sarili at sa kanyang mga tauhan ang sila ay mapailalim sa mga sumasamba sa mga diyus-diyusan. Sa isang bayan na lubos na nakahiwalay para sa kanila ay maaari silang

makasamba sa Dios na may higit na kalayaan kaysa kung sila ay mananatili sa Gath, kung saan ang mga ginagawa ng mga hindi kumikilala sa Dios J ay tunay na magiging sanhi ng kasamaan at pangyayamot.

Samantalang si David ay naninirahan sa bayang ito na nakabukod si David ay sumalakay sa mga Gesureo, mga Gerzeo, at mga Amalecita, at wala siyang itinirang buhay na maaaring magbalita sa Gath. Nang siya ay bumalik mula sa pakikipagbaka ipinabatid niya kay Achis na siya ay nakipagbaka laban sa sarili niyang bayan, na mga lalaki ng Juda. Sa pamamagitan ng pagkukunwaring ito siya ang naging kasangkapan upang mapalakas ang mga kamay ng mga Filisteo; sapagkat wika ng hari, "kanyang ginagawa na ang kanyang bayang Israel ay lubos na nakayayamot sa kanya: kaya't siya'y magiging aking lingkod magpakailan man." Batid ni David na kalooban ng Dios na yaong mga tribo na hindi kumikilala sa Dios ay kinakai- langang mapuksa, at alam niya na siya ay hinirang upang isakatuparan ang gawaing iyon; subalit siya ay hindi lumalakad ayon sa payo ng Dios nang siya ay gumamit ng panlilinlang.

"At nangyari sa mga araw na yaon, na pinisan ng mga Filisteo ang kanilang mga hukbo sa pakikidigma upang lumaban sa Israel. At sinabi ni Achis kay David, Talastasin mong maigi na ikaw ay lalabas na kasama ko sa hukbo, ikaw at ang inyong mga lalaki." Si David ay walang tangka na itaas ang kanyang kamay laban sa kanyang bayan; subalit hindi siya nakatitiyak kung ano ang kanyang gagawin, hanggang sa ipahayag ng pangyayari ang kanyang tungkulin. Paiwas na sinagot niya ang hari, at nagsabi, "Kaya't iyong nalalaman kung ano ang magagawa ng iyong lingkod." Ang intindi ni Achis sa mga salitang ito ay isang pangako ng pagtulong sa nalalapit na [801]
pakiki- paglaban, at isinumpa ang kanyang salita na magbibigay kay David ng dakilang karangalan, at bibigyan siya ng isang mataas na tungkulin sa korte ng Palestina.

Subalit bagaman ang pananampalataya ni David ay nagkaroon ng ilang pag-aalinlangan sa mga pangako ng Dios, kanya pa ring inaala- la na siya ay pinahiran ni Samuel na hari ng Israel. Inalala niya ang mga ibinigay ng Dios sa kanya laban sa kanyang mga kaaway sa nakaraan. Inalala niya ang dakilang kahabagan ng Dios sa pag-iingat sa kanya. mula sa mga kamay ni Saul, at nagpasyang hindi pagtatak- silan ang isang banal na ipinagkakatiwala. Bagaman ninais

patayin ng hari ng Israel ang kanyang buhay, hindi niya isasama ang
[802] kanyang puwersa sa puwersa ng mga kaaway ng kanyang bayan.

## Kabanata 66—Ang Pagkamatay ni Saul

Ang kabanatang ito ay batay sa 1 Samuel 28; 31.

Ang digmaan ay muling ipinag-utos sa pagitan ng Israel at ng mga Filisteo. "At nagpisan ang mga Filisteo, at naparoon at humantong sa Sunam," sa hilagang bahagi ng hangganan ng kapatagan ng Jezreel; samantalang si Saul at ang kanyang puwersa ay nagkampo kaunting milya lamang ang layo, sa paanan ng bundok ng Gilboa, sa hangganan sa timog ng kapatagan. Sa kapatagang ito si Gedeon, kasama ang kanyang tatlong daang mga lalaki, pinangalat ang mga hukbo ng Median. Subalit ang espiritung kumilos sa tagapagligtas ng Israel ay ibang-iba sa ngayon ay kumikilos sa puso ng hari. Si Gedeon ay humayo na malakas sa pananampalataya sa makapangyarihang Dios ni Jacob; subalit si Saul ay nakadarama na ang kanyang sarili ay nag-iisa at walang pananggalang, sapagkat siya ay itinakwil ng Dios. Samantalang kanyang tinitingnan sa malayo ang hukbo ng mga Filisteo, "siya'y natakot, at ang kanyang puso ay nanginig na mainam."

Nalaman ni Saul na si David at ang kanyang puwersa ay kasama ng mga Filisteo, at inaasahan niya na sasamantalahin ng anak ni Isai ang pagkakataong ito upang paghigantihan ang mga kasalanan na kanyang pinagdusahan. Ang hari ay lubhang nag-aalala. Sarili niyang hindi makatuwirang damdamin, na kumilos sa kanya upang patayin ang pinili ng Dios, ang dahilan upang ang bayan ay malagay sa isang malalang panganib. Samantalang siya'y naging abala sa pag-usig kay David kanyang kinaligtaan ang pagsasanggalang sa sarili niyang ka- harian. Ang mga Filisteo, na nagsamantala sa kalagayan nito na hindi nababantayan, ay pumasok hanggang sa pinakapuso ng lupain. Kaya't sa gano'ng paraan samantalang si Saul ay inuudyukan ni Satanas na gamitin ang buong lakas sa paghahanap kay David, upang kanyang mapatay siya, ang masamang espiritu ding iyon ang kumilos sa mga Filisteo upang samantalahin ang kanilang pagkakataon upang si Saul ay mapatay at mapabagsak ang

bayan ng Dios. Kay limit na ang ganitong paraan ay ginagamit
[803] pa rin ng pinakamahigpit na kaa- way! Kumikilos siya sa ilang hindi natatalagang mga puso upang magkaroon ng inggit at hidwaan sa iglesya, at kung magkagayon, sinasamantala ang kalagayang walang pagkakaisa sa bayan ng Dios, kinikilos niya ang kanyang mga ahensya upang isakatuparan ang pagpapahamak sa kanila.

Si Saul ay haharap sa pakikipaglaban sa kinaumagahan. Ang mga anino ng nalalapit na sakuna ay nabubuong madilim sa palibot niya; nais niyang magkaroon ng tulong at pagpatnubay. Subalit walang saysay na siya ay humingi ng payo mula sa Dios. "Hindi siya sinagot ng Panginoon, maging sa panaginip man, ni sa Urim man, ni sa pamamagitan ng mga propeta." Hindi ng Panginoon kailan man tinatalikuran ang isang kaluluwa na lumalapit sa kanya na taimtim at may pagpapakumbaba. Bakit pinaalis niya si Saul na hindi sinasagot? Dahil sa sarili niyang kagagawan ang hari ay nawalan na ng karapatan sa lahat ng paraan ng pakikipag-ugnay sa Dios. Itinakwil na niya ang payo ni Samuel na propeta; kanyang pinalayas si David, ang pinili ng Dios; kanya nang pinatay ang mga saserdote ng Panginoon. Makakaasa pa bang siya'y masasagot ng Dios kung kanya nang pinuksa ang mga paraan ng pakikipag-ugnayan na itinalaga ng Langit? Pina- layon na niya sa pamamagitan ng kasalanan ang Espiritu ng biyaya, maaari pa kaya siyang matugon sa pamamagitan ng mga panaginip at mga pagpapahayag mula sa Panginoon? Si Saul ay hindi tumawag sa Dios na may pagpapakumbaba at pagsisisi. Hindi kapatawaran ng kasalanan at pakikipagkasundo sa Dios, ang hinihiling niya, kundi kaligtasan mula sa kanyang mga kaaway. Sa pamamagitan ng sarili niyang katigasan ng ulo at paghihimagsik ay kanyang inihiwalay ang kanyang sarili mula sa Dios. Walang ibang paraan ng panunumbalik kundi sa pamamagitan ng pagkalungkot sa kasalanan at taimtim na pagsisisi; subalit ang mapagmataas na hari, sa kanyang pagdadalam- hati at kawalan ng pag-asa, ay nagpasyang humingi ng tulong mula sa ibang mapagkukunan.

"Nang magkagayo'y sinabi ni Saul sa kanyang mga lingkod, Ihanap ninyo ako ng isang babae na nakikipagsanggunian sa masamang espiritu, upang ako'y pumaroon sa kanya, at mag-usisa sa kanya." Si Saul ay mayroong sapat na kaalaman tungkol sa likas ng gawain ng nakilapag-ugnay sa masamang espiritu. Iyon ay malinaw na ipinag- babawal ng Panginoon, at ang parusang kamatayan ay

ipinapataw sa lahat ng nagsasagawa ng mga hindi banal na sining. Noong na- bubuhay pa si Samuel, ipinag-utos ni Saul na ang lahat [804] ng mga manggagaway at yaong mga may masamang espiritu ay kinakaila- ngang patayin; subalit ngayon, sa simbuyo ng kawalan ng pag-asa, siya ay dumulog sa orakulong kanyang hinatulan na kasuklam-suklam.

Sinabi sa hari na isang babae na may masamang espiritu ang na- mumuhay na nakatago sa Endor. Ang babaeng ito ay pumasok sa isang pakikipagtipan kay Satanas upang isuko ang kanyang buhay sa ilalim ng kanyang pangangasiwa, upang isakatuparan ang kanyang. mga layunin; at kapalit noon, ang prinsipe ng kasamaan ay gumagawa ng mga kamangha-manghang mga bagay para sa kanya at nagpa- pahayag ng mga lihim na bagay sa kanya.

Nagpanggap na ibang tao, si Saul ay humayo kasama ang dalawa niyang lingkod, upang hanapin ang kinaroroonan ng mangkukulam.

Oh, kahabag-habag na tanawin! ang hari ng Israel ay naakay na bihag ni Satanas na bukal sa kanyang loob! Kay dilim ng landas para daanan ng mga paa ng tao ang pinipili noong nagmamatigas sa sarili niyang kagustuhan, na linalabanan ang impluwensya ng Espiritu ng Dios! Anong pagkaalipin ang kasing lubha ng pagkaalipin noong napailalim sa pinakamatinding mang-alipin na walang iba kundi— ang sarili! Ang pagtitiwala sa Dios at ang pagiging masunurin sa Kanyang kalooban ang mga kondisyon upang si Saul ay maaaring maging hari ng Israel. Kung siya lamang ay tumupad sa mga kondisyong ito sa buong panahon ng kanyang paghahari, sana ang kanyang kaharian ay naging matatag; ang Dios sana ang kanyang naging patnubay, ang makapangyarihan sa lahat ang kanyang panang- galang. Matagal na tiniis ng Dios si Saul; at bagaman ang kanyang panghihimagsik at katigasan ng ulo ay lubhang nakapagpatahimik sa tinig ng Dios sa kaluluwa, mayroon pa ring pagkakataon upang mag- sisi. Subalit nang sa panahon ng kanyang panganib siya ay tumalikod mula sa Dios upang kumuha ng liwanag mula sa isang kampon ni Satanas, kanya nang pinutol ang huling panali na nagbibigkis sa kanya at sa kanyang Manlalalang; inilagay niya ng lubos ang kanyang sarili sa ilalim ng kapangyarihan ng demonyo na sa loob ng mara- ming taon ay ginamit sa kanya at naghatid sa kanya sa bingit ng kamatayan.

Nakukublihan ng kadiliman si Saul at ang kanyang mga lingkod ay nagtungo sa ibayo ng kapatagan, at ligtas na dinaanan ang hukbo
[805] ng mga Filisteo, kanilang tinawid ang mga kabundukan, tungo sa
[806] malungkot na tirahan ng mangkukulam ng Endor. Dito ang babae na may masamang espiritu na nagtatago upang lihim na maipagpatu-
[807] loy ang kanyang mapusong na pang-eenkanto. Bagaman siya ay nag- kukunwaring ibang tao, ang mataas na tindig at makaharing anyo ni Saul ay nagpapahayag na siya ay hindi pangkaraniwang kawal. Ang babae ay naghinala na ang kanyang panauhin ay si Saul, at ang kanyang mayamang mga kaloob ang nagpatibay sa kanyang paghihinala. Sa kanyang kahilingan, "Hulaan mo ako isinasamo ko sa iyo, sa pamamagitan ng sinasanggunian mong espiritu, at iahon mo sa akin sinumang banggitin ko sa iyo," ang babae ay sumagot, "Narito, iyong nalalaman ang ginawa ni Saul, kung paanong kanyang inihiwalay yaong mga nakikipagsanggunian sa masamang espiritu, at ang mga manghuhula, sa lupain: bakit nga ipinaglalagay mo ng silo ang aking buhay, upang ipapatay ako?" Nang magkagayon, "Sumumpa si Saul sa kanya sa pamamagitan ng Panginoon, na sinasabi, Buhay ang Panginoon, walang parusang mangyayari sa iyo dahil sa bagay na ito." At nang kanyang sabihin, "Sinong iaahon ko sa iyo?" siya ay tumugon, "si Samuel."

Matapos isagawa ang kanyang pang-eengkanto, ay kanyang sinabi, "Aking nakikita'y isang diyos na lumilitaw sa lupa.... Isang matan- dang lalaki ay lumilitaw: at siya'y nabibilot ng isang balabal. At naki- lala ni Saul, na si Samuel, at siya'y yumukod sa lupa, at nagbigay galang."

Hindi ang banal na propeta ng Dios ang lumitaw sa kapangyarihan ng pang-eengkanto ng isang mangkukulam. Si Samuel ay wala sa pugad ng masasamang espiritu. Ang hindi pangkaraniwang pagpa- pakitang iyon ay pawang likha lamang ng kapangyarihan ni Satanas. Kayang-kaya niyang magbalat-kayong si Samuel tulad sa pagbabalat- kayo niyang anghel ng liwanag, nang kanyang tuksuhin si Kristo sa ilang.

Ang unang mga pananalita ng babae sa ilalim ng kapangyarihan ng kanyang pang-eengkanto ay ukol sa hari, "Bakit mo ako dinaya? sapagkat ikaw si Saul." Sa gano'ng paraan ang unang ginawa ng masamang espiritu na nagkunwaring propeta ay upang lihim na ma- kipag-ugnay sa masamang babae, upang babalaan siya

sa panlilinlang na ginawa sa kanya. Ang pananalita para kay Saul mula sa nagpa- panggap na propeta ay, "Bakit mo binagabag ako sa aking panahon? At sumagot si Saul, Ako'y totoong naliligalig; sapagkat ang mga Filisteo ay nangdidigma laban sa akin, at ang Dios [808] ay humiwalay sa akin, at hindi na ako sinasagot, kahit sa pamamagitan ng mga prope- ta, ni ng panaginip man: kaya tinawag kita, upang maipakilala mo sa akin kung ano ang aking gagawin."

Nang si Samuel ay buhay pa, itinakwil ni Saul ang kanyang payo at tinanggihan ang kanyang mga pagsansala. Subalit ngayon sa panahon ng kanyang pagkabalisa at sakuna, kanyang nadama na ang pagpatnubay ng propeta ang tangi niyang pag-asa, at upang makaug- nay ang kinatawan ng Langit siya ay walang saysay na dumulog sa sugo ng impiyerno! Ganap na inilagay ni Saul ang kanyang sarili sa kapangyarihan ni Satanas; at ngayon siya na ang tanging kasiyahan ay ang lumikha ng pagpapahirap at kapahamakan, ay sinamantala ang kanyang pagkakataon, upang papangyarihin ang ikapapahamak ng malungkot na hari. Bilang tugon sa nag-aagawbuhay na kahili- ngan ni Saul ay dumating ang kakilakilabot na pahayag, na inaang- king mula sa mga labi ni Samuel:

"Bakit nga nagtatanong ka sa akin, dangang ang Panginoon ay humiwalay sa iyo, at naging iyong kaaway? At ginawa ng Panginoon ang gaya ng sinalita niya sa pamamagitan ko: at inihiwalay ng Panginoon ang kaharian sa iyong kamay, at ibinigay sa iyong kapwa, sa makatuwid bagay kay David. Sapagkat hindi mo sinunod ang tinig ng Panginoon, at hindi mo ginawa ang Kanyang mabagsik na galit sa Amalec, kaya't ginawa ng Panginoon ang bagay na ito sa iyo sa araw na ito. Bukod dito'y ibibigay ng Panginoon ang Israel naman na kalakip mo sa kamay ng mga Filisteo: at bukas, ikaw at ang iyong mga anak ay masasama sa akin: ibibigay naman ng Panginoon ang hukbo ng Israel sa kamay ng mga Filisteo."

Sa buong panahon ng kanyang panghihimagsik si Saul ay labis na pinapurihan at nilinlang ni Satanas. Gawain ng manunukso ang maliitin ang kasalanan, upang ang landas ng pagsalangsang ay gawing madali at kaakit-akit, upang gawing bulag ang pag-iisip sa mga baba- la at pagbabanta ng Panginoon. Si Satanas, sa pamamagitan ng kanyang nakagagayumang kapangyarihan, ang umakay kay Saul upang pangatuwiranan ang kanyang sarili sa pagbabaliwala sa mga pagsansala't babala ni Samuel. Subalit ngayon, sa panahon

ng kanyang malaking pangangailangan, siya ay humarap sa kanya, inihahayag ang katindihan ng kanyang kasalanan at ang kawalan ng pag-asang mapatawad, upang kanya siyang maitulak tungo sa
[809] kawalan ng pag- asa. Wala nang higit pang mapipili upang masira ang kanyang lakas ng loob at malito ang kanyang pagpapasya, o upang ibunsod siya sa kawalan ng pag-asa at pagpuksa sa sarili.

Si Saul ay nanlulupay dahil sa kapaguran at sa pag-aayuno; siya ay lubhang natatakot at sinaktan ng konsensya. Samantalang ang kaki- lakilabot na hula ay sumapit sa kanyang pandinig, siya ay humapay na parang encina sa harap ng bagyo, at siya ay nabuwal na walang malay sa lupa.

Ang mangkukulam ay nabahala. Ang hari ng Israel ay nakahiga sa harap niya na parang isang patay. Kung siya'y mamatay sa kanyang kinaroroonan, ano ang magiging bunga noon sa kanyang sarili? Pinakiusapan niya siyang bumangon at kumain, iginigiit na sapagkat inilagay niya ang kanyang sarili sa panganib sa pagtupad sa kanyang kahilingan, kinakailangang sumang-ayon siya sa kanyang kahilingan upang mailigtas ang kanyang sarili. Kasama na ang kanyang mga lingkod sa kanilang pakiusap, si Saul sa wakas ay sumang-ayon din, at ang babae ay naghain sa harap niya ng pinatabang guya at tinapay na walang lebadura na madaliang inihanda. Anong isang tanawin— sa liblib na yungib ng mangkukulam na babae, na ilang sandali pa lamang ang nakalilipas ay umalingawngaw ang mga pananalita ng kapahamakan—sa harapan ng sugo ni Satanas—siya na pinahiran ng Dios bilang hari ng Israel ay umupo upang kumain, bilang paghahanda sa nakakamatay na pakikipagbaka sa araw na iyon.

Bago sumikat ang araw siya ay bumalik kasama ang kanyang mga lingkod sa kampo ng Israel upang maghanda para sa pakikipagbaka. Sa pamamagitan ng pagsangguni sa espiritu ng kadiliman ay sinira ni Saul ang kanyang sarili. Nabibigatan ng malaking takot sa kawalan ng pag-asa, hindi na niya magagawang mapasigla pa ang lakas ng loob ng kanyang hukbo. Hiwalay sa pinagmumulan ng lakas, hindi niya magagawang akayin ang pag-iisip ng Israel upang tumingin sa Dios bilang kanilang katulong. Sa ganong paraan ang inihula ng demonyo ay nagsasagawa ng sarili noong katuparan.

Sa kapatagan ng Shunem at sa mga gilid ng Bundok ng Gilboa ang mga hukbo ng Israel at ang mga hukbo ng mga Filisteo ay

nagsagupaan sa malapitang paglalabanan. Bagaman ang kakilakilabot na tanawin sa yungib ng Endor ay nagpaalis na sa lahat ng pag-asa mula sa kanyang puso, si Saul ay nakipagbaka na may buong kata- pangan para sa kanyang trono at sa kanyang kaharian. Subalit iyon ay nawalan ng saysay. "Ang mga lalaki sa Israel ay tumakas [810] sa harap ng mga Filisteo, at nangabuwal na patay sa Bundok ng Gilboa." Tatlong matatapang na mga anak ng hari ang namatay sa piling niya. Ang mga mamamana ay nagsisugod kay Saul. Nakita niya ang kanyang mga kawal na nabubuwal sa palibot niya at ang kanyang mga prinsipeng mga anak na napatay sa pamamagitan ng tabak. Ang kanyang sarili ay sugatan, hindi niya magawang lumaban ni tumakas. Ang pagtakas ay imposible na, at sa kapasyahang huwag makuhang buhay ng mga Filisteo, ay ipinag-utos niya sa kanyang tagapagdala ng sandata, "Bunutin mo ang iyong tabak at palagpasan mo ako niyaon." Nang ang lalaki ay tumangging itaas ang kanyang kamay laban sa pinahiran ng Panginoon, kinitil ni Saul ang sarili niyang buhay sa pamamagitan ng pagkabuwal sa sarili niyang tabak.

Sa gano'ng paraan namatay ang unang hari ng Israel, taglay ang kasalanan ng pagpatay sa sarili sa kanyang kaluluwa. Ang kanyang buhay ay naging isang kabiguan, at siya ay bumaba sa kahihiyan at kawalan ng pag-asa, sapagkat itinaas niya ang sarili niyang tiwaling kalooban laban sa kalooban ng Dios.

Ang balita tungkol sa pagkatalo ay lumaganap sa malayo at maraming dako, naghahatid ng kakilabutan sa buong Israel. Ang bayan ay nagsilikas mula sa mga lungsod, at ang mga Filisteo ay kinuha ang mga pag-aari na walang gumagambala. Ang paghahari ni Saul, na hiwalay sa Dios, ay tunay na naging sanhi ng pagkapahamak ng kanyang bayan.

Nang sumunod na araw sa pagsasagupaan, ang mga Filisteo, sa pagsasaliksik sa lugar ng labanan upang nakawan ang mga napatay, ay nasumpungan ang bangkay ni Saul at ng tatlo niyang mga anak. Upang gawing ganap ang kanilang pagtatagumpay, kanilang pinutol ang ulo ni Saul at hinubad sa kanya ang kanyang kasuutang pandigma; nang magkagayon ang ulo at ang kasuutang pandigma, na puno ng dugo, ay ipinadala sa lupain ng mga Filisteo bilang tropeo ng pagtatagumpay, "upang ibalita sa mga bahay ng kanilang mga diyus- diyusan at sa bayan." Ang mga kasuutang pandigma ay inilagay sa "bahay ni Astaroth," samantalang ang ulo ay isinabit sa

templo ni Dagon. Sa gano'ng paraan ang kaluwalhatian ng pagtatagumpay ay ipinalagay na kapangyarihan ng mga huwad na diyos na ito, at ang pangalan ni Jehova ay nalapastangan.

Ang bangkay ni Saul at ng kanyang mga anak ay kinaladkad
[811] tungo sa Beth-san, isang lungsod na hindi malayo sa Gilboa, at malapit sa ilog ng Jordan. Dito sila ay ibinitin sa mga tanikala, upang kainin ng mga ibong maninila. Subalit ang mga matapang na lalaki ng Jabes- galaad, na inaalala ang pagliligtas ni Saul sa kanilang lungsod sa kanyang una at masasayang mga taon, ngayon ay nagpahayag ng kanilang pasalamat sa pamamagitan ng pagliligtas sa mga bangkay ng hari at ng mga prinsipe, at pagbibigay sa kanila ng marangal na libing. Tinawid ang Jordan samantalang gabi, kanilang kinuha ang bangkay ni Saul at ang mga bangkay ng kanyang mga anak sa kuta ng Beth-san; at sila'y naparoon sa Jabes, at kanilang pinagsunod doon. At kinuha ang kanilang mga buto at ibinaon sa ilalim ng isang puno ng tamarisko sa Jabes, at nag-ayuno sila ng pitong araw. Sa gano ng paraan ang mabuting ginawa apatnapung taon na ang naka- lipas, ay nagbigay kay Saul at sa kanyang mga anak ng paglilibing ng nagmamahal at nahahabag na mga kamay sa
[812] madilim na mga oras na iyon ng pagkatalo at kahihiyan.

# Kabanata 67—Ang Sinauna of Makabagong Pang-eengkanto

Ang salaysay ng Banal na Kasulatan tungkol sa pagdalaw ni Saul sa babae sa Endor ay isang pinagmumulan ng pagkalito sa maraming mga mag-aaral ng Biblia. Mayroong ilan na naniniwala na si Samuel ay tunay na naroroon sa pakikipanayam ni Saul, subalit ang Biblia ay nagbibigay ng sapat na mapagbabatayan ng hindi gano'ng kaisipan. Kung, gaya ng sinasabi ng ilan, si Samuel ay nasa langit, siya ay tinawagan sana mula doon, kung hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios ay sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Satanas. Walang maaaring maniwala sa isang sandali na si Satanas ay may kapangyarihang tawagin ang banal na propeta ng Dios mula sa langit upang parangalan ang pang-eengkanto ng isang itinakwil na babae. Ni hindi natin maaaring isipin na ang Dios ang tumawag sa kanya tungo sa yungib ng mangkukulam; sapagkat ang Panginon ay tumanggi nang makipag-ugnayan kay Saul, sa pamamagitan ng mga panaginip, ng Urim, ni sa pamamagitan ng mga propeta. 1 Samuel 28:6. Ang mga ito ay nilampasan upang magparating ng pahayag sa pamamagitan ng lingkod ni Satanas.

Ang pahayag mismo ay sapat na katibayan ng pinagmulan. Ang layunin noon ay hindi upang akayin si Saul tungo sa pagsisisi, kundi upang ibulid siya sa kapahamakan; at ito ay hindi gawain ng Dios, kundi ni Satanas. Higit pa dito, ang ginawa ni Saul na pagsangguni sa isang mangkukulam ay binabanggit sa Kasulatan bilang isang da- hilan kung bakit siya ay itinakwil ng Dios at pinabayaan sa kapahamakan: "Sa gayo'y namatay si Saul dahil sa kanyang pagsalangsang na kanyang nagawa laban sa Panginoon, dahil sa salita ng Panginoon na hindi niya iningatan; at dahil naman na siya ay nakipagsanggunian sa masamang espiritu, upang pagsiyasatan-, at hindi nagsiyasat sa Panginoon: kaya't pinatay Niya siya, at inilipat ang kaharian kay David na anak ni Isai." 1 Cronica 10:13, 14. Dito ay malinaw na binanggit na si Saul ay sumangguni sa masamang espiritu hindi sa Panginoon. Hindi siya nakipag-ugnayan kay Samuel,

[813] na propeta ng Dios; kundi sa pamamagitan ng mangkukulam na babae siya ay nag- karoon ng pakikipag-ugnayan kay Satanas. Hindi ni Satanas maaring ihayag ang tunay na Samuel, subalit naghayag siya ng isang panghuhuwad, iyon ang nagsilbi sa kanyang gawain na panglilinlang.

Halos lahat ng uri ng sinaunang pang-eengkanto ay batay sa isang paniniwala sa pakikipag-ugnayan sa patay. Yaong mga nagsasagawa ng pakikipag-ugnayan sa mga espiritu ay nag-aangkin ng pagkaka- roon ng pakikipag-ugnayan sa mga patay, at upang magkaroon sa pamamagitan nila ng kasalanan tungkol sa hinaharap na mga mang- yayari. Ang kaugaliang ito ng pagsangguni sa mga patay ay tinutukoy ng hula ni Isaias: "Pagka kanilang sasabihin sa inyo, Hanapin ninyo silang nakikipagsanggunian sa masamang espiritu at mga manghuhula, na nagsisihuni at nagsisibulong; hindi ba marapat na sanggunian ng bayan ang kanilang Dios? dahil baga sa mga buhay ay sasangguni sila sa mga patay?" Isaias 8:19.

Ang paniniwala ring ito na pakikipag-ugnayan sa patay ang bumubuo sa saligang bato ng hindi kumikilala sa Dios na pagsamba sa diyus-diyusan. Ang mga diyos ng mga hindi kumikilala sa Dios ay yaong dinidiyos na mga espiritu ng mga namatay na mga bayani. Kaya't ang relihiyon ng mga hindi kumikilala sa Dios ay isang pagsamba sa patay. Ito ay malinaw sa Kasulatan. Sa salaysay tungkol sa kasalanan ng Israel sa Beth-peor, ay nakasaad: "At ang Israel ay tumahan sa Sittim, at ang bayan ay nagpasimulang magkasala ng pakikiapid sa mga anak na babae ng Moab: sapagkat kanilang tina- wag ang bayan sa mga hain sa kanilang mga diyos. At ang Israel ay nakilakip sa diyus-diyusang Baal-peor." Mga Bilang 25:1-3. Sinasabi sa atin ng mang-aawit kung anong uri ng mga diyos ang pinagkaloo- ban ng mga hain na ito. Tungkol sa pagtalikod na ito ng mga Israelita, wika niya, "Sila'y nangakilakip naman sa diyus-diyusang Baal-peor, at nagsikain ng mga hain sa mga patay" (Mga Awit 106:28); iyon ay, mga hain na inihandog sa patay.

Ang pagsamba sa patay ay nagkaroon ng tampok na lugar sa halos bawat sistema ng mga hindi kumikilala sa Dios, tulad rin sa ipinapalagay na pakikipag-ugnayan sa patay. Pinaniniwalaang iniuugnay ng mga diyos ang kanilang kalooban sa mga lalaki, at, kapag sinasangguni, ay nagbibigay ng kanilang payo. Ganito ang likas ng naging tanyag na mga orakulo ng Gresya at ng Roma.

Ang paniniwala sa pakikipag-ugnayan sa patay ay pinanini-walaan pa rin, maging sa mga nag-aangking Kristianong lupain. Sa [814] ilalim ng ngalan ng espiritismo ang gawain ng pakikipag-ugnayan sa mga ki- napal na nag-aangking espiritu ng patay ay naging laganap. Itina- tayang makukuha noon ay ang simpatiya noong naglibing ng kanilang mga mahal sa buhay sa libingan. Ang mga espiritu sa ilang mga pagkakataon ay nagpapahayag ng kanilang sarili sa anyo ng kanilang patay na mga kaibigan, at nagsasaysay ng mga pangyayari na kaug- nay sa kanilang mga buhay at nagsasagawa ng mga gina-gawa nila noong sila ay buhay pa. Sa ganitong paraan pinaniniwala nila ang mga tao na ang kanilang patay na mga kaibigan ay mga anghel, na nagpapalipad-lipad sa itaas nila at nakikipag-ugnay sa kanila. Yaong mga gano'ng nag-aangkin na espiritu ng patay ay pinakikitunguhan ng may isang pagsamba sa diyus-diyusan, at para sa marami ang kanilang pananalita ay higit na mahalaga kaysa sa salita ng Dios.

Marami, gano'n pa man, itinuturing ang espiritismo na pawang pagpapanggap. Ang mga pagpapahayag na sa pamamagitan noon ay pinapapagtibay noon ang mga ipinapahayag tungkol sa likas na supernatural ay itinuturing na panlilinlang sa bahagi ng medyum subalit bagaman totoo na ang mga bunga ng panlilinlang ay malimit naipapahayag na tunay sa mga pagpapahayag nagkakaroon din ng malinaw na katibayan ng pagkakaroon ng supernatural na kapang-yarihan. At marami sa mga tumatanggi sa espiritismo bilang gawa lamang ng kakayanan ng tao o tusong kalooban, kapag pinagpaki-taan ng mga pagpapahayag na hindi nila mapatunayan sa kaisipang ito, ay naakay upang paniwalaan ang mga inaangkin noon.

Ang makabagong espirituwalismo at ang mga anyo ng sinau-nang pang-eengkanto at pagsamba sa diyus-diyusan—na lahat ay may- roong pakikipag-ugnayan sa patay bilang mahalagang prin-sipyo ay batay sa unang kasinungalingan na sa pamamagitan noon ay nilin- lang ni Satanas si Eva sa Eden: "Tunay na hindi kayo mamamatay: sapagkat talastas ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon,...kayo'y magiging parang Dios." Genesis 3:4, 5. Pare-pare-hong batay sa isang kasinungalingan at nagpapalaganap noon, ang mga iyon ay pare- parehong mula sa ama ng mga kasinungalingan.

Ang mga Hebreo ay malinaw na pinagbawalan sa anumang paraan ng inaakalang palakipag-ugnay sa patay. Mahusay na isinara

ng Dios ang pintuang ito nang Kanyang sabihin: “Hindi nalalaman ng patay ang anumang bagay.... Na wala man silang anumang bahagi
[815] pa na magpakailan man sa anomang bagay na nagawa sa ilalim ng araw.” Ecclesiastes 9:5, 6. “Ang hininga niya ay pumapanaw, siya’y nanu- numbalik sa kanyang pagkalupa; sa araw ding yaon ay nawala ang kanyang pag-iisip.” Mga Awit 146:4. At ipinag-utos ng Panginoon sa Israel: “Ang taong magbalik sa inaalihan ng masamang espiritu at sa mga mangkukulam, upang manalig sa mga yaon ay itititig Ko ang Aking mukha laban sa taong iyon, at ihihiwalay Ko siya sa kanyang bayan.” Levitico 20:6.

Ang “masamang espiritu” ay hindi ng mga patay, kundi mga masa- samang mga anghel, na mga sugo ni Satanas. Ang sinaunang pag- samba sa diyus-diyusan, na gaya ng ating nakita, na binubuo kapwa ng pagsamba sa patay at sa inaakalang pakikipag-ugnay sa kanila, ay inihahayag ng Biblia na pagsamba sa demonyo. Si Apostol Pablo, sa pagbibigay ng babala sa mga kapatid laban sa pakikilahok, sa anumang paraan, sa pagsamba sa diyus-diyusan ng kanilang mga kalapit bahay, ay nagsabi, “Ang mga bagay na inihahain ng mga Gentil, ay kanilang inihahain sa mga demonyo, at hindi sa Dios: at di ko ibig na kayo’y mangagkaroon ng pakikipagkaisa sa mga demonyo.” 1 Corinto 10:20. Ang mang-aawit, tungkol sa Israel, ay nagsabi na “kanilang inihain ang kanilang mga anak na lalaki at babae sa mga demonyo,” at sa kasunod na talata ay ipinaliwanag niya na kanilang inihain sila “sa diyus-diyusan ng Canaan.” Mga Awit 106:37, 38. Sa kanilang inaakalang pagsamba sa patay na mga lalaki, sila sa katotohanan ay sumasamba sa mga demonyo.

Ang makabagong espirituwalismo, na nakabatay sa gano’n ding pundasyon, ay pawang isang pagpapanibagong sigla sa isang bagong anyo ng pangkukulam at pagsamba sa demonyo na kinundina at ipinagbawal ng Dios noong una. Inihula sa Kasulatan, na nagsasabi na “sa mga huling panahon ang iba’y magsisitalikod sa pananampa- lataya, at mangakikinig sa mga espiritung mapanghikayat at sa mga aral ng mga demonyo.” 1 Timoteo 4:1. Si Pablo, sa kanyang ikala- wang sulat sa mga taga Tesalonica, ay tinukoy ang espesyal na pag- gawa ni Satanas sa espirituwalismo bilang isang pangyayari na maga- ganap pag malapit na malapit na ang ikalawang pagparito ni Kristo. Tungkol sa ikalawang pagparito ni Kristo, ipinahayag niya na iyon ay “sa paggawa ni Satanas na may buong kapangyarihan at

mga tanda at mga kahangahangang kasinungalingan." 2 Tesalonica 2:9. At si Pedro, sa paglalarawan sa mga panganib na mabubuksan sa [816] iglesya sa mga huling araw ay nagsabi na kung paanong nagkaroon ng mga huwad na propeta na umakay sa Israel upang magkasala, gano'n din naman magkakaroon ng mga huwad na mga tagapagturo, "na mangagpapasok sa lihim ng mga makakapahamak na mga hidwang pananampalataya, na itatatwa pad ang Panginoon na bumili sa kanila.... At maraming magsisisunod sa kanilang mga gawang mahahalay." 2 Pedro 2:1, 2. Dito ang apostol ay naghayag ng isa sa mga kapansin-pansing likas ng mga tagapagturo ng espirituwalismo. Tumatanggi silang kilalanin si Kristo bilang Anak ng Dios. Tungkol sa mga gano'ng guro ang minamahal na Juan ay nagpahayag: "Sino ang sinungaling kundi ang tumatanggi na si Jesus ay Siyang Kristo? Ito ang anti-kristo, sa makatuwid ay ang tumatanggi sa Ama at sa Anak. Ang sinumang tumatanggi sa Anak, ay hindi sumasa kanya ang Ama." 1 Juan 2:22, 23. Ang espirituwalismo, sa pamamagitan ng pagtanggi kay Kristo, ay tumatanggi kapwa sa Ama at sa Anak, at iyon ang sinasabi ng Biblia na pagpapahayag ng anti-kristo.

Sa pamamagitan ng paghula tungkol sa kamatayan ni Saul, na ibinigay sa pamamagitan ng babae sa Endor, ay panukala ni Satanas na siluin ang Israel. Umaasa siya na kanila silang mapapasigla na magtiwala sa mga mangkukulam, at maakay upang sumangguni sa kanya. Sa gano'ng paraan sila ay tatalikod mula sa Dios bilang kanilang tagapayo at mailalagay ang kanilang mga sarili sa ilalim ng pagpatnubay ni Satanas. Ang pang-akit na sa pamamagitan ng espirituwalismo ay umaakit ng marami ay ang inaangkin na kapangyari- han na maalis ang nakakubli sa hinaharap at maihayag sa tao ang ikinubli ng Dios. Binuksan ng Dios para sa atin ang dakilang mga mangyayari sa hinaharap—lahat ng kailangan nating malaman—at nagbigay siya sa atin ng isang ligtas na gabay para sa ating mga paa sa kalagitnaan ng lahat ng mga panganib noon; subalit layunin ni Satanas na sirain ang pagtitiwala ng tao sa Dios, upang gawin silang hindi nasisiyahan sa kanilang kalagayan sa buhay, at upang akayin sila na maghanap ng kaalaman na sa karunungan ay ikinubli ng Dios mula sa kanila, at upang itakwil ang ipinahayag Niya sa Kanyang Banal na Salita.

Marami ang hindi mapakali kung hindi nila malaman ang tiyak na mangyayari sa maraming bagay. Hindi nila matiis ang walang

katiyakan, at sa kanilang pagkainip, tumatanggi silang maghintay na makita ang pagliligtas ng Dios. Ang mga pinangangambahang
[817] mga kasamaan ay nagtutulak sa kanila upang halos mawala sa sarili. Binibigyang daan nila ang kanilang panghihimagsik na nadarama, at tumatakbo ng paroon at parito sa lubhang kalungkutan, naghahanap ng kaalaman tungkol sa hindi inihayag. Kung sila lamang ay magtitiwala sa Dios, at magpuyat sa pananalangin, makakasumpong sila ng banal na kasiyahan. Ang kanilang espiritu ay mapapatahimik sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa Dios. Ang napapagal at nabibigatang lubha ay makakasumpong ng banal na kasiyahan. Ang kanilang espiritu ay mapapatahimik sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa Dios. Ang napapagal at nabibigatang lubha ay makakasumpong ng kapahingahan sa kanilang kaluluwa kung sila lamang ay lalapit kay Jesus; subalit kung kanilang pababayaan ang paraan na itinalaga ng Dios para sa kanilang kaaliwan, at dumulog sa ibang pagkukunan, na umaasang malalaman ang ikinubli ng Dios, ginagawa nila ang pagkakamali ni Saul, at sa gano'ng paraan ay nagtatamo lamang ng kaalaman mula sa demonyo.

Ang Dios ay hindi nalulugod sa ganitong gawain, at inihayag ito sa pinakamalinaw na mga paraan. Ang hindi makapaghintay na pagmamadaling ito na alisin ang nakatabing sa hinaharap ay nagpapahayag ng isang kakulangan ng pananampalataya sa Dios at iniiwan ang kaluluwang bukas sa mga mungkahi ng pinakamahusay na manlilinlang. Inaakay ni Satanas ang mga gano'n upang sumangguni sa may masamang espiritu; at sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mga lihim na bagay sa nakaraan, pinasisigla niya ang pagtitiwala sa kanyang kapangyarihan na magpahayag ng mga bagay na dara- ting. Dahil sa karanasang natamo sa mahabang mga panahon naga- gawa niyang maisip batay sa sanhi at resulta at malimit naipapahayag ang mangyayari, na may isang antas ng katiyakan, ang ilan sa mga pangyayaring magaganap sa buhay ng tao. Sa gano'ng paraan siya ay nakapanlilinlang sa mga kawawa, at hindi napapatnubayang mga kaluluwa at inihahatid sila sa ilalim ng kanyang kapangyarihan at inaakay sila na mga bihag ng kanyang kalooban.

Ibinigay ng Dios sa atin ang babala sa pamamagitan ng Kanyang propeta: "Pagka kanilang sasabihin sa inyo, Hanapin ninyo silang nakikipagsanggunian sa masamang espiritu at mga manghuhula, na nagsisihuni at nagsisibulong; hindi ba marapat na sanggunian ng

bayan ang kanilang Dios? dahil baga sa mga buhay ay sasangguni sila sa mga patay? Sa kautusan at sa patotoo! kung hindi sila magsalita ng ayon sa salitang ito, tunay na walang umaga sa kanila.” [818] Isaias 8:19, 20.

Yaon bang mayroong isang banal na Dios, na ang karunungan at kapangyarihan ay walang hangganan, ay magtutungo sa mga mangkukulam, na ang karunungan ay mula sa malapit na pakikipag- ugnayan sa kaaway ng Panginoon? Ang Dios ang liwanag ng Kanyang bayan; ipinag-uutos Niya sa kanila na itingin ang kanilang mga mata sa pamamagitan ng pananampalataya sa mga kaluwalha- tian na nakakubli sa paningin ng tao. Pinararating ng Araw ng Katu- wiran ang mga sikat noon sa kanilang mga puso; mayroon silang liwanag mula sa trono ng langit, at wala silang pagnanasang tuma- likod mula sa pinagmumulan ng liwanag tungo sa mga sugo ni Satanas.

Ang pahayag ng demonyo kay Saul, bagaman iyon ay isang pag- sasalita laban sa kasalanan at isang hula tungkol sa kaparusahan noon, ay walang layunin na siya ay papagbaguhin, kundi upang itaboy siya sa kawalan ng pag-asa at sa kapahamakan. Higit na malimit, gano’n pa man nagsisilbi itong pinakamahusay na layunin ng manunukso na akitin ang tao sa kapahamakan sa pamamagitan ng papuri. Ang aral ng mga demonyong diyos noong unang panahon ay nagtatanyag sa pinakamahalay na kapahintulutan. Ang mga utos ng Dios na nagsasalita laban sa kasalanan ay isinasa-isang tabi; ang katotohanan ay hindi gaanong pinahahalagahan, at ang kahalayan ay hindi lamang ipinapahintulot kundi ipinag-uutos. Ipinahahayag ng espirituwalismo na walang kamatayan, walang kasalanan, walang paghatol, walang pagpaparusa; na “ang tao ay mga walang salang maliliit na mga diyos;” na ang pagnanasa ang pinakamataas na batas; na ang tao ay mananagot lamang sa kanyang sarili. Ang mga pananggalang na itinatag ng Dios upang ingatan ang katotohanan, kadalisayan, at paggalang ay iginuho, at marami ang sa gano’ng paraan ay nagkakaroon ng lakas ng loob sa kasalanan. Hindi ba’t ang gano’ng aral ay nagmumungkahi ng pinagmulan ng tulad sa pagsamba sa demonyo?

Inihayag ng Panginoon sa Israel ang mga bunga ng pakikipag- ugnayan sa masamang espiritu, sa mga kasamaan ng mga Cananeo: sila’y walang likas na pag-ibig, mapagsamba sa mga diyus-diyusan,

mga mamatay tao, at makasalanan sa bawat maruming pag-iisip at mapanghimagsik na gawain. Hindi alam ng mga tao ang sarili
[819] nilang puso; sapagkat "ang puso ay magdaraya ng higit kaysa lahat ng bagay, at totoong masama." Jeremias 17:9. Subalit nauunawaan ng Dios ang mga hilig ng nagkasalang likas ng tao. Noon, tulad rin ngayon, si Satanas ay nagmamasid na mapapangyari ang mga kondis- yon na makagagaling sa panghihimagsik, upang ang bayan ng Israel ay gawin ang kanilang mga sarili na kasuklam-suklam sa Dios tulad ng mga Cananeo. Ang kaaway ng kaluluwa ay palaging nakahanda upang magbukas ng mga daluyan para sa hindi napipigilang pagdaloy ng kasamaan sa atin; sapagkat nais niya na tayo ay mapahamak, at maging mga sinumpa sa harap ng Dios.

Si Satanas ay nagpasyang panatilihin ang kanyang kapangyarihan sa lupain ng Canaan, at nang iyon ay maging tirahan ng mga anak ni Israel, at ang kautusan ng Dios ang naging kautusan ng lupain, nag- karoon siya ng mahigpit at matinding galit sa Israel at nagpanukala siya ng pagpuksa sa kanila. Sa pamamagitan ng mga ahensya ng masasamang espiritu ang mga diyus-diyusan ay ipinakilala; at dahil sa pagsalangsang ang piniling bayan sa huli ay napangalat mula sa Lupang Pangako. Ang kasaysayang ito ay sinisikap ni Satanas na maulit sa ating kapanahunan. Inaakay ng Dios ang Kanyang bayan mula sa lahat na kasuklam-suklam sa sanlibutan, upang kanilang mai- ngatan ang Kanyang kautusan; at dahil dito, ang matinding galit ng "tagapagsumbong sa ating mga kapatid" ay walang alam na hangga- nan. "Ang diablo'y bumaba sa inyo, na may malaking galit, sa pag- kaalam niya na kaunting panahon na lamang mayroon siya." Apocalipsis 12:10, 12. Ang katuparan ng inilalarawan ng lupang pangako ay malapit na sa atin, at si Satanas ay nagpasyang puksain ang bayan ng Dios at alisin sila mula sa kanilang mana. Ang tagubilin na, "kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong mag- sipasok sa tukso" (Marcos 14:38), ay hindi pa kailan man higit na kailangan kaysa sa kasalukuyan.

Ang pananalita ng Panginoon sa sinaunang Israel ay sinasabi rin sa Kanyang bayan sa kapanahunang ito: "Huwag ninyong babalikan ang mga inaalihan ng masasamang espiritu ni ang mga mangkukulam; huwag ninyong hanapin na magpakahawa sa kanila;" "sapagkat

sinumang gumagawa ng mga bagay na ito ay karumal-dumal sa Panginoon." Levitico 19:31; Deuteronomio 18:12. [820]

# Kabanata 68—Si David sa Ziklag

Ang kabanatang ito ay batay sa 1 Samuel 29; 30; 2 Samuel 1.

Si David at ang kanyang mga tauhan ay hindi nakilahok sa paglalaban ni Saul at ng mga Filisteo, bagaman sila ay nagmartsa na kasama ng mga Filisteo tungo sa lugar ng labanan. Samantalang ang dalawang hukbo ay naghahanda sa pagsasagupaan nasumpungan ng anak ni Isai ang kanyang sarili sa isang kalagayan ng malaking pagkalito. Inaasahan na siya ay makikipaglaban para sa mga Filisteo. Kung sa pagsasagupaan siya ay aalis sa lugar na dapat niyang karoonan, hindi lamang niya tatatakan ang kanyang sarili ng kaduwagan, kundi pati ng kawalan ng utang na loob at panlilinlang kay Achis, na nagsanggalang sa kanya at nagtiwala sa kanya. Ang gano'ng kilos ay magkakapit sa kanyang pangalan ng labis na kasamaan, at maglalantad sa kanya sa galit ng mga kaaway na higit na dapat katakutan kaysa kay Saul. Gano'n pa man hindi niya magawa kahit sa isang sandali ang sumang-ayon sa paglaban sa Israel. Kung gagawin niya ito, siya ay magiging isang traydor sa kanyang bayan—kaaway ng Dios at ng Kanyang bayan. Sasarhan noon magpakailan pa man ang kanyang landas tungo sa trono ng Israel; at kung si Saul ay mapatay sa pagsasagupaan, ang kanyang pagkamatay ay isisisi kay David.

Nadama ni David na siya ay naligaw ng landas. Naging higit na mabuti pa sana para sa kanya ang humanap ng mapagkukublihan sa matitibay na mga moog ng Dios sa mga bundok kaysa mga hayag na kaaway ni Jehova at ng Kanyang bayan. Subalit ang Panginoon sa Kanyang dakilang kaawaan ay hindi nagparusa sa pagkakamaling ito ng Kanyang lingkod sa pamamagitan ng pagpapabaya sa kanya sa kanyang pag-aalala at pagkalito; sapagkat bagaman si David, na nawawalan na ng kanyang paghawak sa kapangyarihan ng Dios, ay nagkamali at tumalikod sa landas ng mahigpit na pagtatapat, layunin pa rin ng kanyang puso ang maging tapat sa Dios. Samantalang si Satanas at ang kanyang hukbo ay abala na tinutulungan ang mga

kaaway ng Dios at ng Israel upang magpanukala laban sa isang hari na tumalikod sa Dios, ang mga anghel ng Panginoon ay gumagawa [821] upang iligtas si David mula sa panganib na kanyang kinahulugan. Ang mga sugo ng langit ay kumilos sa prinsipe ng mga Filisteo upang magreklamo laban sa presensya ni David at ng kanyang puwersa sa hukbo sa nalalapit na pagsasagupaan.

"Ano ang mga Hebreong ito?" wika ng mga prinsipe ng mga Filisteo, na nagsilapit sa palibot ni Achis. Ang huli, na hindi handa upang humiwalay sa napahalagang kasama, ay tumugon, "Hindi ba ito ay si David na lingkod ni Saul na hari sa Israel na napasa akin ng mga araw na ito, o ng mga taong ito, at hindi ako nakasumpong ng anumang kakulangan sa kanya mula ng siya'y lumapit sa akin hanggang sa araw na ito?"

Subalit galit na ipinagpilitan ng mga prinsipe ang kanilang kahilingan: "Pabalikin mo ang taong iyan, upang siya'y bumalik sa kanyang dako na iyong pinaglagyan sa kanya, at huwag mong pababain na kasama natin sa pakikipagbaka, baka sa pagbabaka ay maging kaaway natin siya: sapagkat paanong makikipagkasundo ang taong ito sa kanyang panginoon? hindi ba sa pamamagitan ng mga ulo ng mga taong ito? Hindi ba ito ang David na kanilang pinagaawitan sa mga sayaw, na sinasabi, Pinatay ni Saul ang kanyang libu-libo, at ni David ang kanyang laksa-laksa?" Ang pagkapatay ng kanilang tanyag na bayani at ang pagtatagumpay ng Israel sa okasyong iyon ay sariwa pa sa alaala ng mga prinsipe ng mga Filisteo. Hindi sila naniniwala na si David ay makikipaglaban sa sarili niyang bayan; at kung, sa kalagitnaan ng pakikipagbaka, siya ay pumanig sa kanila, siya ay higit na makapananakit sa mga Filisteo kaysa buong hukbo ni Saul.

Kaya't si Achis ay napilitang sumang-ayon, at nang matawagan si David, ay sinabi sa kanya, "Buhay ang Panginoon, ikaw ay matuwid, at ang iyong paglabas at ang iyong pagpasok na kasama ko sa hukbo ay mabuti sa aking paningin: sapagkat hindi ako nakasumpong ng kasamaan sa iyo mula sa araw ng iyong pagdating sa akin hanggang sa araw na ito: gayon ma'y hindi ka kinalulugdan ng mga pangulo. Kaya't ngayo'y ikaw ay bumalik at yumaong mapayapa, upang huwag kang kagalitan ng mga pangulo ng mga Filisteo."

Si David, sa pangambang baka mahayag ang tunay niyang nadarama, ay sumagot, "Ngunit anong aking ginawa? at anong iyong nasumpungan sa iyong lingkod habang ako'y nasa harap mo hanggang sa araw na ito, upang ako'y huwag yumaon at lumaban sa
[822] mga kaaway ng aking panginoon na hari?"

Ang sagot ni Achis ay maaaring naghatid ng pangingilabot sa kahihiyan at pagsisisi sa sarili sa puso ni David, samantalang kanyang iniisip kung paanong hindi karapat-dapat sa isang lingkod ni Jehova ang mga panlilinlang na kanyang niyukuran. "Talastas ko na ikaw ay mabuti sa aking paningin, na gaya ng isang anghel ng Dios," wika ng hari: "gayon ma'y sinabi ng mga prinsipe ng mga Filisteo, Hindi siya aahon na kasama natin sa pakikipagbaka. Kaya't bumangon kang maaga sa kinaumagahan na kasama ng mga lingkod ng iyong panginoon na naparitong kasama mo; at pagbangon ninyong maaga sa kinaumagahan, sa pagliliwanag ay yumaon kayo." Sa gano'ng paraan ang silo na kinahulugan ni David ay nasira, at siya ay naging malaya.

Makalipas ang tatlong araw ng paglalakbay si David at ang kanyang grupo na anim na raang mga lalaki ay nakarating sa Ziklag, ang kanilang tahanan sa Palestina. Subalit isang tanawin ng pagkawasak ang sumalubong sa kanila. Ang mga Amalecita, sa pagsasamantala sa pagkawala ni David, kasama ang kanyang puwersa, ay naghiganti para sa kanilang mga sarili dahil sa kanyang mga pagsalakay sa kanilang teritoryo. Kanilang sinorpresa ang lungsod samantalang iyon ay naiwang walang nagbabantay, at nang iyon ay kanilang mapagnakawan at masunog, ay umalis, na dala ang lahat na mga babae at mga bata bilang mga bihag, at ilang mga samsam.

Natigilan sa panghihilakbot at pagkamangha, si David at ang kanyang mga tauhan ay tumingin sa ilang sandali sa katahimikan sa nag-iitiman at umuusok na mga guho. At samantalang ang isang pagkadama ng kapanglawan ay bumuhos sa kanila, ang mga matagal nang mga mandirigmang iyon ay "naglakas ng tinig, at umiyak, hanggang sa sila'y nawalan ng lakas na umiyak."

Sa pagkakataong ito si David ay muling pinalo dahil sa kakulangan ng pananampalataya na umakay sa kanya upang ilagay ang kanyang sarili sa kalagitnaan ng mga Filisteo. Nagkaroon siya ng pagkakataon upang makita kung anong kaligtasan mayroon siya sa kalagitnaan ng mga kaaway ng Dios at ng kanyang bayan. Ang mga

tagasunod ni David ay humarap sa kanya bilang sanhi ng kanilang dinanas na sakuna. Kanyang kinilos ang galit ng mga Amalecita sa kanilang pagsalakay sa kanila; gano'n pa man, lubhang nagtitiwala na magiging ligtas sa kalagitnaan ng kanilang mga kaaway, iniwan niya ang lungsod na walang bantay. Nasira ang wastong pag-iisip dahil sa kalungkutan at matinding galit, ang kanyang mga sundalo ay handa na ngayon para sa anumang mapanganib na hakbang, at [823]
sila ay nagbabanta pa na batuhin ang kanilang pinuno.

Si David ay tila napawalay mula sa lahat ng suporta ng tao. Ang lahat na tinatangkilik niyang mahalaga sa lupa ay nawala mula sa kanya. Pinalayas siya ni Saul mula sa sarili niyang lupain; pinaalis siya ng mga Filisteo mula sa kampo; ninakawan ng mga Amalecita ang kanyang lungsod; ang kanyang mga asawa at mga anak ay ginawang bihag; at ang sarili niyang malapit na mga kaibigan ay nagkakaisa laban sa kanya, at binabantaan siya maging ng kamatayan. Sa oras na ito ng pinakamatinding pangangailangan si David, sa halip pahin- tulutan ang kanyang isip na matuon sa mapait na mga pangyayaring ito, ay taimtim na humiling ng tulong sa Dios. Siya "ay nagpakatibay sa Panginoon niyang Dios." Kanyang inalala ang kanyang nakalipas na makasaysayang buhay. Saan siya pinabayaan ng Panginoon? Ang kanyang kaluluwa ay napasigla sa pag-aalaala sa maraming katibayan ng kaluguran ng Dios. Ang mga tagasunod ni David, sa pamamagitan ng kanilang kawalan ng kasiyahan at kawalan ng pagpapasensya, ay lalong pinantindi ang kanilang paghihirap; subalit ang lalaki ng Dios, bagaman mayroong higit na dahilan upang malungkot, ay dinala ang kanyang sarili na may katatagan ng loob. "Sa panahong ako'y matakot, aking ilalagak ang aldng tiwala sa Iyo" (Awit 56:3), ang pananalita ng kanyang puso. Bagaman siya ay walang nakikitang daan upang makalabas sa kahirapang iyon, iyon ay nakikita ng Dios, at ituturo sa kanya kung ano ang kanyang gagawin.

Nang maipatawag si Abiathar na saserdote, na anak ni Ahimelech, "sumangguni si David sa Panginoon, na nagsasabi, kung aking habulin ang pulutong na ito, ay akin kayang aabutan sila?" Ang sagot ay, "Iyong habulin; sapagkat tunay na iyong aabutan, at walang pagsalang mababawi mo ang lahat." 1 Samuel 30:8.

Sa mga pananalitang ito ang lahat ng pagkakagulo sa kalungkutan at matinding galit ay tumigil. Si David at ang kanyang mga

kawal ay kaagad humayo upang habulin ang kanilang tumatakas na kalaban. Gano'n na lamang kabilis ang kanilang paghayo na sila ay nakarating sa sapa ng Besor, na umaagos tungo sa malapit sa Gaza malapit sa Dagat ng Mediterania, dalawang daan sa grupo dahil sa pagod ay napilitang magpaiwan. Subalit si David kasama ng natitirang apat na raan ay nagpatuloy, na walang kinatatakutan. Sa kanilang paghayo, sila ay may dinatnang isang aliping Egipcio na
[824] tila mamamatay na dahil sa pagod at gutom. Nang makatanggap ng pagkain at makainom, ganon pa man, siya ay lumakas, at kanilang nalaman na siya ay iniwan upang mamatay ng kanyang malupit na panginoon na isang Amalecita na kasama noong sumalakay na puwersa. Isinaysay niya ang kasaysayan ng pananalakay at panloloob; at nang makapanigurado na siya ay hindi papatayin o ibabalik sa kanyang panginoon, siya ay sumang-ayon upang samahan si David tungo sa kampo ng kanilang mga kaaway.

Nang sila ay makarating at matanaw ang kampamento isang tanawin ng pagkakaroon ng kasiyahan ang sumalubong sa kanilang paningin. Ang matagumpay na hukbo ay nagkakaroon ng isang maringal na kapistahan. "Sila'y nangangalat sa buong lupa, na nagkakainan at nag-iinuman, at nagkakasayahan, dahil sa lahat na malaking samsam na kanilang nakuha sa lupain ng mga Filisteo, at sa lupain ng Juda." Isang biglaang pagsalakay ang ipinag-utos, at ang mga naghahabol ay mabagsik na nagsilusob sa kanilang mabibiktima. Ang mga Amalecita ay nabigla at nagkaroon ng pagkalito. Ang labanan ay nagpatuloy buong magdamag hanggang sa sumunod na araw, hanggang sa halos ang buong hukbo ay napatay. Isang grupo lamang ng apat na raang mga lalaki sakay sa mga kamelyo, ang nakatakas. Ang salita ng Panginoon ay natupad. "Binawi ni David ang lahat na nakuha ng mga Amalecita: at iniligtas ni David ang kanyang dalawang asawa. At walang nagkulang sa kanila, kahit maliit o malaki man, kahit mga anak na lalaki o babae man, kahit samsam man, kahit anumang bagay na nakuha nila sa kanila: nabawi na lahat ni David."

Noong si David ay sumalakay sa teritoryo ng mga Amalecita, pinatay niya sa pamamagitan ng tabak ang lahat ng nahulog sa kanyang kamay. Kung hindi lamang dahil sa pumipigil na kapangyarihan ng Dios maaaring ang mga Amalecita ay gumanti sa pamamagitan ng pagpatay sa lahat ng mga tao sa Ziklag. Nagpasya

silang iligtas ang mga bihag, ninasang patindihin ang kalalabutan ng kanilang tagumpay sa pamamagitan ng pagdadala ng isang malaking bilang ng mga bihag, at pinapanukalang ipagbili sila bilang mga alipin makalipas iyon. Sa gano'ng paraan, hindi nila alam, ay kanilang isinasakatuparan ang panukala ng Dios, na maingatang ang mga bihag na hindi sinasaktan, upang maibalik sa kanilang mga asawa at kanilang mga ama.

Ang lahat ng kapangyarihan sa lupa ay nasa ilalim ng pangangasiwa ng Isang walang kapantay. Sa pinakamakapangyarihang hari, [825] sa pinakamalupit na mang-aapi, ay kanyang sinasabi, "Hanggang dito ay darating ka, ngunit hindi ka na lalagpas." Job 38:11. Ang kapangyarihan ng Dios ay patuloy na gumagawa sa kalagitnaan ng mga tao, hindi upang sila'y mapahamak, kundi upang ituwid at maingatan.

May malaking kagalakan ang mga nagtagumpay ay nagmartsa papauwi. Nang datnan ang kanilang mga kasama na nagpaiwan, ang higit na makasarili at hindi mapagsabihan sa apat na raan ay nagpilit na yaong hindi nagkaroon ng bahagi sa pakikipagbaka ay hindi maaring makibahagi sa mga samsam; na sapat na para sa kanila ang mabawi ang kanilang mga asawa at mga anak. Subalit hindi ni David ipinahintulot ang gano'ng kasunduan. "Huwag ninyong gagawin iyon, mga kapatid ko," wika niya, "sa ibinigay sa atin ng Panginoon.... Kung gaano ang bahagi ng lumusong sa pakikipagbaka, ay gayon ang bahagi ng naiwan sa daladalahan: sila'y pare-parehong magkakabahagi." Kaya't gano'n naisaayos ang mga bagay na iyon, at makalipas iyon ay naging batas sa Israel na ang lahat na marangal na kabilang sa isang hukbo ay kinakailangang magkabahagi sa mga samsam na kapareho noong kasama sa pakikipagbaka.

Bukod sa pagkakasauli ng lahat ng mga samsam na nakuha mula sa Ziklag, si David at ang kanyang grupo ay nakakuha ng maraming mga tupa at mga kambing na pag-aari ng mga Amalecita. Ito ay tinawag na mga "samsam ni David;" at nang makabalik sa Ziklag, nagpadala siya mula sa mga samsam na ito ng mga kaloob sa mga matanda sa sarili niyang lipi sa Juda. Sa pamamahaging ito ang lahat ng inalala ay yaong naging mabuti sa kanya at sa kanyang mga tagasunod na mga kublihan sa mga bundok, noong siya ay mapilitang magpalipat-lipat sa mga lugar para sa kanyang buhay. Ang kanilang kabutihan at pakikiramay, na lubhang mahalaga para

sa inuusig na pugante, ay kinilala na may pagpapasalamat sa gano'ng paraan.

Ikatlong araw noon mula nang si David at ang kanyang mga mandirigma ay bumalik sa Ziklag. Samantalang sila ay gumagawa upang maayos ang kanilang mga wasak na mga tahanan, sila ay naghintay na may nasasabik na mga puso sa balita tungkol sa labanan na alam nila na dapat ay naganap sa pagitan ng Israel at ng mga Filisteo. At pagdaka ay may isang tagapaghatid ng balita ang pumasok sa bayan, "hapak ang kanyang suot, at may lupa ang
[826] kanyang ulo." Kaagad siyang dinala kay David, na sa harap niya siya ay yumukod na may buong galang, ipinapahayag ang pagkilala sa kanya bilang isang makapangyarihang prinsipe, na ang kaluguran ay kanyang ninanasa. Sabik na itinanong ni David kung ano ang nangyari sa labanan. Iniulat ng takas ang tungkol sa pagkatalo at pagkamatay ni Saul, at ang pagkamatay ni Jonathan. Subalit nagpahayag siya ng higit sa payak na pagpapahayag ng katotohanan. Kapansin-pansin na iniisip na si David ay may kinikimkim na galit sa kanyang walang sawang taga-usig, ang dayuhan ay umasang magkakaroon ng karangalan para sa kanyang sarili bilang siyang pumatay sa hari. May pagmamalaki na isinaysay ng lalaki na samantalang naglalabanan nakita niya na sugatan ang hari ng Israel, at lubhang napapalibutan ng mga kaaway, at sa sarili niyang kahilingan siya ay pinatay ng naghahatid ng balita. Ang korona mula sa kanyang ulo at ang mga gintong alahas sa kanyang mga braso ay kanyang dinala kay David. Tiwalang- tiwala siya na ang balitang ito ay tatanggapin na may malaking kagalakan, at isang malaking gantimpala ang mapapasa kanya dahil sa bahagi na kanyang ginampanan.

Subalit "tiningnan ni David ang kanyang mga suot at hinapak; at gayon din ang ginawa ng lahat ng lalaki na kasama niya: At sila'y tumangis, at umiyak, at nag-ayuno hanggang sa paglubog ng araw, dahil kay Saul, at dahil kay Jonathan na kanyang anak, at dahil sa bayan ng Panginoon at dahil sa sambahayan ng Israel; sapagkat sila'y nangabuwal sa pamamagitan ng tabak."

Ang unang pagkabigla sa kakilakilabot na balita ay nakalipas, ang pag-iisip ni David ay napatuon sa dayuhang nagbalita, at sa krimen, na ayon sa sarili niyang pahayag, ay kanyang ginawa. Tinanong ng pinuno ang kabataang lalaki, "Taga saan ka?" At siya

ay sumagot, "Ako'y anak ng isang tagaibang lupa, na Amalecita. At sinabi ni David sa kanya, Bakit hindi ka natakot na iunat mo ang iyong kamay na patayin ang pinahiran ng langis ng Panginoon?" Dalawang beses napasa ilalim ng kapangyarihan ni David si Saul; subalit nang himuking siya ay patayin, siya ay tumangging itaas ang kanyang mga kamay laban sa itinalaga sa pamamagitan ng pag-uutos ng Dios upang mamuno sa Israel. Gayon pa man ang Amalecita ay hindi natakot na ipagmalaki na kanyang pinatay ang hari ng Israel. Inakusahan niya ang kanyang sarili ng isang krimen na marapat parusahan ng kamatayan, at ang parusa ay kaagad isinakatuparan.
Wika ni David, "Ang iyong dugo ay sumaiyong ulo; sapagkat ang [827]
iyong bibig ang sumaksi laban sa iyo, na nagsasabi, Aking pinatay ang pinahiran ng langis ng Panginoon."

Ang pagkalungkot ni David sa pagkamatay ni Saul ay taimtim at malalim, ipinapahayag ang kabutihang loob ng isang marangal na likas. Hindi siya nagalak sa pagkabuwal ng kanyang kaaway. Ang hadlang na nakaharang sa kanyang pagtungo sa trono ng Israel ay naaalis na, subalit hindi niya ito ikinagalak. Inalis ng kamatayan ang alaala tungkol sa hindi pagtitiwala at kalupitan ni Saul, at ngayon wala sa kanyang kasaysayan ang inaalala kundi yaong marangal at makahari. Ang pangalan ni Saul ay nakaugnay sa ngalan ni Jonathan, na pakikipagkaibigan at naging ganoon na lamang ka tunay at lubhang hindi makasarili.

Ang awit na sa pamamagitan noon ay binigkas ni David ang nadarama ng kanyang puso ay naging isang hiyas sa kanyang bayan, at sa bayan ng Dios sa lahat ng sumunod na mga panahon:

"Ang iyong kaluwalhatian,
    Oh Israel, ay napatay sa iyong matataas na dako!
Ano't nangabuwal ang mga makapangyarihan!
    Huwag ninyong saysayin sa Gath,
Huwag ninyong ihayag sa mga lansangan ng Aschalon;
    Baka ang mga anak na babae ng mga Filesteo ay magalak,
Baka ang mga anak na babae ng mga hindi tuli ay magtagumpay.

    Kayong mga bundok ng Gilboa,
Huwag magkaroon ng hamog,
    o ulan man sa inyo, kahit bukid na mga handog:

Sapagkat diyan ang kalasag ng makapangyarihan
ay nahagis ng kahalay- nalay,
Ang kalasag ni Saul,
na parang isa na hindi pinahiran ng langis....
Si Saul at si Jonathan ay nag-ibigan at
nagmagandahang-loob sa kanilang kabuhayan.
At sa kanilang kamatayan sila'y hindi naghiwalay;
Sila'y lalong maliksi kaysa mga agila,
Sila'y lalong malakas kaysa leon.
Kayong mga anak na babae ng Israel,
iyakan ninyo si Saul,
Na siyang sa inyo'y maselang na nagbinis ng escarlata,
Na siyang naggayak ng ginto sa inyong mga kasuutan.
Ano't nangabuwal ang mga makapangyarihan sa gitna ng pagbabaka!
Oh Jonathan, napatay ka sa iyong matataas na dako.
Ako'y namamanglaw dahil sa iyo, kapatid kong Jonathan:
[828] Naging totoong kalugod-lugod ka sa akin:
Ang iyong pag-ibig sa akin ay kagila-gilalas,
Na humigit sa pagsinta ng mga babae.
Ano't nangabuwal ang mga makapangyarihan,
At nangalipol ang mga sandata ng pandigma!"

Samuel 1:19-27, R.V.

[829]

## Kabanata 69—Tinawagan Tungo sa Trono si David

Ang kabanatang ito ay batay sa 2 Samuel 2 hanggang 5:5.

Ang pagkamatay ni Saul ay nag-alis ng mga panganib na naging sanhi ng pagiging isang lagalag ni David. Ang landas ay bukas na ngayon sa kanya upang makauwi sa sarili niyang lupain. Nang ang mga araw ng pagluluksa para kay Saul at kay Jonathan ay matapos, "nag-usisa si David sa Panginoon, na nagsasabi, Aahon ba ako sa alin man sa mga bayan ng Juda? At sinabi ng Panginoon sa kanya, Umahon ka. At sinabi ni David, Saan ako aahon? At kanyang sinabi, Sa Hebron."

Ang Hebron ay nasa dalawampung milya sa hilaga mula sa Beerseba, at halos nasa kalagitnaan ng daan mula sa lungsod na iyon tungo sa magiging lugar ng Jerusalem. Ang dating tawag doon ay Kirjath- arba, ang lungsod ni Arba, ang ama ni Anak. Pagdaka iyon ay tinawag na Mamre, at narito ang libingan ng mga patriarka, "ang yungib ng Machpela." Ang Hebron ay naging pag-aari ni Caleb at ngayon ay pangunahing lungsod ng Juda. Iyon ay nasa isang libis na napa- palibutan ng matabang bulubundukin at mabungang lupain. Ang pinakamagagandang mga ubasan ng mga Filisteo ay nasa mga hangganan noon. Kasama ng maraming mga tanim na olibo at iba pang mga punong kahoy na mga prutas.

Si David at ang kanyang mga tagasunod ay madaling naghanda upang sundin ang pahayag na kanilang tinanggap mula sa Dios. Ang anim na raang armadong mga lalaki, kasama ang kanilang mga asawa at mga anak, at kanilang mga kawan at mga hayupan, di nagtagal ay nasa kanila nang landas tungo sa Hebron. Samantalang ang grupo ay pumapasok sa lungsod ang mga lalaki ng Juda ay naghihintay upang tanggapin si David bilang hari ng Israel sa hinaharap. Kaagad nagkaroon ng paghahanda para sa kanyang koronasyon. "At kanilang pinahiran ng langis doon si David upang maging hari sa sambahayan ng Juda." Subalit walang ginawang pagsisikap up-

ang itatag ang kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng dahas sa
[830] ibang mga lipi.

Isa sa mga unang isinagawa ng bagong kinoronahang hari ay ang ipahayag ang kanyang mapagmahal na pagtingin sa alaala ni Saul at ni Jonathan. Nang marinig ang tungkol sa matapang na isinagawa ng mga lalaki ng Jabes-galaad sa pagliligtas sa mga bangkay ng mga namatay na mga pinuno at sa pagbibigay sa kanila ng marangal na libing, si David ay nagpadala ng embahada sa Jabes na may pahayag na, "Pagpalain nawa kayo ng Panginoon na kayo'y nagpakita ng kagandahang-loob na ito sa inyong panginoon, samakatuwid baga'y kay Saul, at inyong inilibing siya. At ngayon nawa'y pagpakitaan kayo ng Panginoon ng kagandahang-loob." At kanyang ipinahayag ang pagkakalagay sa kanya sa trono ng Juda at inanyayahan ang pagtatapat noong naging mga tapat ang kalooban.

Ang mga Filisteo ay hindi tumutol sa ginawa ng Juda na gawing hari si David. Naging kaibigan nila siya sa kanyang pag-iibang bayan, upang takutin at pahinain ang kaharian ni Saul, at ngayon sila ay umaasa na dahil sa kanilang naging kagandahang-loob kay David ang paglaganap ng kanyang kapangyarihan, sa huli, ay makakabuti sa kanila. Subalit ang paghahari ni David ay hindi rin naging malaya sa kaguluhan. Nang siya ay koronahan ay nagsimula ang madilim na tala ng pagsasabwatan at panghihimagsik. Si David ay hindi naupo sa trono ng isang traydor; siya ay napili ng Dios upang maging hari ng Israel, at hindi nagkaroon ng dahilan upang hindi pagtiwalaan o kaya'y hadlangan. Gano'n pa man hindi pa halos kinikilala ang kanyang kapangyarihan ng mga lalaki ng Juda, na sa pamamagitan ng impluwensya ni Abner, si Isbosheth, ang anak ni Saul, ay ipinuroklamang hari, at pinaupo na isang kaagaw ng trono sa Israel.

Si Isboseth ay pawang isang mahina at hindi mapagkakatiwalaang kinatawan ng sambahayan ni Saul, samantalang si David ay higit na handang magpasan ng mga responsibilidad ng kaharian. Si Abner, na nanguna sa pagtataas kay Isboseth tungo sa pagiging hari, ay dating punong kawal sa hukbong sandatahan ni Saul, at siyang pinaka- kinikilalang lalaki sa Israel. Alam ni Abner na si David ang pinili ng Panginoon para sa trono ng Israel, subalit dahil sa matagal na panghuhuli at pag-uusig sa kanya, hindi siya ngayon handa upang ang anak ni Isai ang humalili sa kaharian na pinagharian ni Saul.

Ang mga pangyayari na kinaroonan ni Abner ay nagpalago sa tunay niyang pagkatao at ipinakita siya na isang ambisyoso at walang prinsipyo. Naging malapit na malapit siya kay Saul at naim- pluwen- [831] syahan ng espiritu ng hari upang itakwil ang lalaki na pinili ng Dios upang maghari sa Israel. Ang kanyang galit ay pinatindi ng masakit na pananalita na binitiwan sa kanya ni David noong ang banga ng tubig at ang sibat ng hari ay nakuha mula sa piling ni Saul samantalang siya ay tulog sa kampo. Naalaala niya kung paanong si David ay sumigaw sa pakinig ng hari at ng bayan ng Israel, "Hindi ka ba matapang na lalaki? at sinong gaya mo sa Israel? bakit nga hindi mo binantayan ang iyong panginoon na hari?... Ang bagay na ito na iyong ginawa ay hindi mabuti. Buhay ang Panginoon, kayo'y marapat na mamatay, sapagkat hindi ninyo binantayan ang inyong panginoon, ang pinahiran ng langis ng Panginoon." Ang pagsansalang ito ay naging mahapdi sa kanyang dibdib, at ipinasya niyang isa- katuparan ang layunin niyang maghiganti at lumikha ng pagkaka- bahagi sa Israel, kung saan siya ay maaaring maitaas. Ginamit niya ang kinatawan ng namatay na hari upang isulong ang makasarili niyang ambisyon at layunin. Alam niya na mahal ng bayan si Jonathan. Ang alaala sa kanya ay iniibig, at ang unang matagumpay na pakikipagbaka ni Saul ay hindi pa nakakalimutan ng hukbo. May kapas- yahang marapat sa isang higit na mabuting gawain, ang mapang- himagsik na pinunong ito ay sumulong upang isakatuparan ang kanyang mga panukala.

Ang Mahanaim, sa kabilang panig ng Jordan, ang pinili para sa dakong tirahan ng hari, sapagkat iyon ay nagbibigay ng pinaka- malaking pananggalang laban sa pananalakay, maging mula kay David o mula sa mga Filisteo. Dito ginanap ang koronasyon ni Isboseth. Ang kanyang paghahari ay una munang tinanggap ng mga lipi sa silangang bahagi ng Jordan, at sa huli ay lumaganap hanggang sa buong Israel liban lamang sa Juda. Sa loob ng dalawang taon ay ikinasiya ng anak ni Saul ang kanyang mga karangalan sa kanyang nakatagong kapitolyo. Subalit si Abner, sa layuning mapalaganap ang kanyang kapangyarihan sa buong Israel, ay naghanda para sa agresibong pakikipagbaka. At "nagkaroon nga ng pagbabaka ang sambahayan ni Saul at ang sambahayan ni David: at si David ay lumakas ng lumakas, ngunit ang sambahayan ni Saul ay humina ng humina."

Sa huli ay binuwag ng panlilinlang ang tronong itinatag ng maruming pag-iisip at ng ambisyon. Si Abner, na nayayamot na sa mahina at hindi maasahang Isboseth, ay pumanig kay David,
[832] na may alok na ilipat sa kanya ang lahat ng lipi ng Israel. Ang kanyang mga alok ay tinanggap ng hari, at siya ay marangal na pinauwi upang isakatuparan ang kanyang panukala. Subalit ang malugod na pagkatanggap sa ganon na lamang katapang at kilalang isang mandirigma ay pumukaw sa paninibugho ni Joab, ang punong kawal sa hukbo ni David. Nagkaroon ng madugong pag-aalitan sa pagitan ni Abner at ni Joab, sapagkat pinatay ng isa si Asahel, na kapatid ni Joab, sa panahon ng paglalabanan sa pagitan ng Israel at ng Juda. Ngayon si Joab, sa pagkita ng isang pagkakataon upang maipaghiganti ang pagkamatay ng kanyang kapatid at maiiwas ang kanyang sarili mula sa isang posibleng karibal, ay napakahamak na gumawa ng paraan upang maharang at mapatay si Abner.

Si David, nang marining ang traydor na pagsalakay na ito, ay mariing nagpahayag, "Ako at ang aking kaharian ay walang sala sa harap ng Panginoon magpakailan man sa dugo ni Abner na anak ni Ner: Bumagsak sa ulo ni Joab, at sa buong sambahayan ng kanyang ama." Dahil sa hindi pa naisasaayos na kalagayan ng kaharian, at sa kapangyarihan at posisyon ng mga pumatay—sapagkat ang kapatid ni Joab na si Abisai ay nakasama niya—hindi ni David maaaring I hatulan ang krimen na may makatarungang kaparusahan, gano'n pa man ipinahayag niya sa madla ang kanyang pagkasuklam sa madugong kagagawan. Ang libing ni Abner ay nagkaroon ng mga pagpaparangal ng madla. Ang hukbong sandatahan, sa pangunguna ni Joab ay pinag- utusang makibahagi sa mga serbisyo ng pagluluksa, na may punit na mga kasuutan at nararamtan ng magaspang na damit. Ang hari ay nagpahayag ng kanyang pagkalungkot sa pamamagitan ng pag-aayuno sa araw ng libing; sumunod siya sa kabaong bilang pangunahing tagapagluksa; at sa libingan siya ay nagpahayag ng isang parangal sa patay na isang matinding panunumbat sa mga pumatay. At tinangisan ng hari si Abner, at sinabi,

"Marapat bang mamatay si Abner,
    ng gaya ng pagkamatay ng isang mangmang?
Ang iyong mga kamay ay hindi nangatatalian,
    O ang iyong mga paa man ay nangagapos:

Kung paanong nabuwal ang isang lalaki
sa harap ng mga anak ng kasamaan
Ay gayon ka nabuwal."

Ang magandang pagkilala ni David sa isa na naging pinakamapait na kaaway niya ay nakakuha sa pagtitiwala at paghanga ng [833] buong Israel. "At nahalata ng buong bayan, at minagaling nila: palibhasa'y anumang ginagawa ng hari ay nakalulugod sa buong bayan. Sa gayo'y naunawa ng buong bayan at ng buong Israel sa araw na yaon, na hindi sa hari ang pagpatay kay Abner na anak ni Ner." Sa lihim na kalipunan ng kanyang mga pinagkakatiwalaang mga tagapayo at mga lingkod ang hari ay nagsalita ng tungkol sa krimen, at nang mabatid ang kawalan niya ng kakayanan upang maparusahan ang mga pumatay ayon sa kanyang ninanais, iniwan niya ang bagay na iyon sa katarungan ng Dios: "Hindi ba ninyo nalalaman na may isang prinsipe at mahal na tao, na nabuwal sa araw na ito sa Israel? At ako'y mahina sa araw na ito, bagaman pinahirang hari; at ang mga lalaking ito na anak ni Sarvia ay totoong mahirap kasamahin: gantihan nawa ng Panginoon ang manggagawang masama ayon sa kanyang kasamaan."

Si Abner ay naging tapat sa kanyang mga alok at mga pakikipagharap kay David, gano'n pa man ang kanyang mga layunin ay masama at makasarili. Matiyaga niyang tinutulan ang hari na pinili ng Dios, sa pag-asang magkakaroon ng karangalan para sa kanyang sarili. Hinanakit, nasugatan ng kapurihan, at matinding galit ang umakay sa kanya upang talikuran ang layunin na matagal niyang pinaglingkuran; at sa pagtakas tungo kay David umasa siyang tatanggap ng pinakamataas na posisyon ng karangalan sa paglilingkod sa kanya. Kung siya ay nagtagumpay sa kanyang layunin, ang kanyang talento at ambisyon, ang kanyang malaking impluwensya at kakulangan ng pagkamaka-diyos, ay maaaring nagpahamak sa trono ni David at sa kapayapaan at pag-unlad ng bayan.

"Nang mabalitaan ng anak ni Saul, na si Abner ay patay na sa Hebron, ang kanyang mga kamay ay nanghina, at ang lahat na taga Israel ay nabagabag." Kapansin-pansin na ang kaharian ay hindi na mapananatili pa ng matagal. Di nagtagal isa pang gawa ng panlilinlang ang tumapos sa pagbagsak ng nanghihinang kapangyarihan. Si Isboseth ay pinatay sa masamang paraan ng dalawa sa kanyang mga

kapitan, na, nang mapugot ang kanyang ulo, ay nagmadaling dinala iyon sa hari ng Juda, na umaasang sila ay tatanawan ng utang na loob dahil sa makalulugod sa kanya.

Sila ay humarap kay David dala ang kanilang madugong katibayan ng kanilang krimen, na nagsasabi, "Tingnan mo ang ulo ni Isboseth na anak ni Saul na iyong kaaway na umuusig ng iyong
[834] buhay; at ipinanghiganti ng Panginoon ang aking panginoon na hari sa araw na ito kay Saul, at sa kanyang binhi." Subalit si David, na ang trono ay ang Dios ang nagtatag, na iniligtas ng Dios mula sa kanyang mga kaaway, ay hindi nagnanasa sa tulong ng panlilinlang upang maitatag ang kanyang mga kaaway, ay hindi nagnanasa sa tulong ng panlilinlang upang maitatag ang kanyang kapangyarihan. Sinabi niya sa mga pumatay kay Saul. "Gaano pa kaya," dagdag niya, "kung pinatay ng masasamang mga lalaki ang isang matuwid na tao sa kanyang sariling bahay, sa kanyang higaan, hindi ko ba sisiyasatin ngayon ang kanyang dugo sa inyong kamay, at aalisin kayo sa lupa? At iniutos ni David sa kanyang mga bataan, at pinatay nila sila...ngunit kanilang kinuha ang ulo ni Isboseth, at inilibing sa libingan ni Abner sa Hebron."

Nang mamatay si Isboseth nagkaroon ng pangkalahatang pagnanasa sa mga namumunong mga lalaki sa Israel na si David ay maging hari ng lahat ng mga lipi. "Nang magkagayo'y naparoon ang lahat ng mga lipi ng Israel kay David sa Hebron, at nagsipagsalita, na nagsisipagsabi, narito, kami ay iyong buto at iyong laman." Kanilang ipinahayag, "Ikaw ang naglalabas at nagpapasok sa Israel: at sinabi ng Panginoon sa iyo: Ikaw ay magiging pastor ng Aking bayang Israel: at ikaw ay magiging prinsipe sa Israel. Sa gayo'y nagsiparoon ang lahat ng mga matanda sa Israel sa hari sa Hebron: at ang Haring si David ay nakipagtipan sa kanila sa Hebron sa harap ng Panginoon." Sa gano'ng paraan sa pamamagitan ng awa at tulong ng Dios ang landas ay nabuksan para sa kanya upang makarating sa trono. Wala siyang personal na ambisyong tinutugunan, sapagkat hindi niya hinanap ang karangalan na doon siya ay inihatid.

Mahigit sa walong libong mga inanak ni Aaron at ng mga Levita ay naglingkod kay David. Ang naging pagbabago ng mga tao ay kapansin-pansin at tiyak. Ang pagbabago ay naging matahimik at marangal, angkop sa dakilang gawain na kanilang isinasagawa. Ha-

los kalahating milyong mga kaluluwa, na dating mga nasasakupan ni Saul, ang dumagsa sa Hebron at sa mga kalapit noon. Ang mga burol at mga libis ay naging buhay dahil sa lubhang karamihan. Ang oras ng koronasyon ay itinakda; ang lalaki na pinalayas mula sa korte ni Saul, na tumakas tungo sa mga kabundukan at mga burol at sa mga yungib ng lupa upang mailigtas ang kanyang buhay, ay malapit nang tumanggap ng pinakamataas na parangal na maaaring ipagkaloob [835]
sa isang tao ng kanyang mga kapwa tao. Ang mga saserdote at mga matanda, nararamtan ng mga kasuutan ng kanilang banal na tungkulin, mga opisyal at mga kawal na may nagkikinangang mga sibat at mga turbante, at mga dayuhan mula sa malalayo, ay tumindig upang saksihan ang koronasyon ng piniling hari. Si David ay nararamtan ng kasuutang panghari. Ang banal na langis ay inilagay ng punong saserdote sa kanyang kilay, sapagkat ang pagpapahid ni Samuel ay isang hula ng magaganap sa inagurasyon ng hari. Ang oras ay dumating, at si David, sa pamamagitan ng isang solemneng serbisyo, ay itinalaga sa kanyang tungkulin bilang kinatawan ng Dios. Ang setro ay inilagay sa kanyang mga kamay. Ang tipan ng kanyang matuwid na pagiging hari ay isinulat, at ibinigay ng mga tao ang kanilang panata ng katapatan. Ang dayadema ay inilagay sa may kanyang kilay, at ang koronasyon ay natapos. Ang Israel ay mayroon nang hari na pinili ng Dios. Siya na matiyagang naghintay sa Panginoon, nakita niya na ang pangako ng Dios ay natupad. "At si David ay dumakila ng dumakila; sapagkat ang Panginoon na Dios ng mga hukbo, ay sumasa kanya." 2 Samuel 5:10. [836]

# Kabanata 70—Ang Paghahari ni David

Ang kabanatang ito ay batay sa 2 Samuel 5:6-25; 6; 7; 9; 10.

Kapagdaka nang si David ay maitatag sa trono ng Israel ay nagsimula siyang humanap ng higit na angkop na lugar para sa kabisera ng kanyang nasasakupan. Dalawampung milya ang layo mula sa Hebron isang lugar ang napili bilang sentro ng kaharian sa hinaharap. Bago ni Josue pinangunahan ang hukbo ng Israel sa pag- tawid sa Jordan iyon ay tinatawag na Salem. Malapit sa dakong ito ay pinatunayan ni Abraham ang kanyang pagiging tapat sa Dios. Walong daang taon bago ang koronasyon ni David iyon ang naging tahanan ni Melchizedek, ang saserdote ng kataas-taasang Dios. Taglay noon ang pagiging sentro at nakataas na dako ng lupain at nasasanggahan ng mga nakapalibot na mga burol. Dahil nasa hangganan ng pagitan ng Benjamin at ng Juda, iyon ay malapit sa Ephraim at madaling mapupuntahan ng ibang mga lipi.

Upang makuha ang lugar na ito kinakailangang paalisin ng mga Hebreo ang isang natitirang grupo ng mga Cananeo, na mayroong matibay na posisyon sa mga bundok ng Sion at ng Moria. Ang tawag sa moog na ito ay Jebus, at ang mga naninirahan doon ay kilalang mga Jebuseo. Sa loob ng daan-daang mga taon ang naging tingin sa Jebus ay hindi kayang buwagin; subalit iyon ay sinalakay at nakuha ng mga Hebreo sa pamumuno ni Joab, na, bilang ganti sa kanyang katapangan, ay ginawang punong kawal ng mga hukbo ng Israel. Ang Jebus na ngayon ang naging kapitolyo ng bansa, at ang dating paganong pangalan noon ay ginawang Jerusalem.

Si Hiram, hari ng mayamang lungsod ng Tiro, sa Dagat ng Medeterania, ngayon ay nagnais magkaroon ng isang pakikipag- kasunduan sa hari ng Israel, at ipinagamit ang kanyang tulong kay David sa gawain ng pagtatayo ng isang palasyo sa Jerusalem. Ang mga kinatawan ay sinugo mula sa Tiro, na may kasamang mga arkitekto at mga manggagawa at mahabang mga hanay na

may dalang mamahaling mga kahoy, puno ng sedro, at iba pang mahahalagang mga kasangkapan. [837]

Ang lumalagong kapangyarihan ng Israel sa pagkakaisa noon sa pamumuno ni David, ang pagkakakuha ng moog ng Jebus, at ang pakikipagkasunduan kay Hiram, na hari ng Tiro, ay pumukaw sa galit ng mga Filisteo, at kanila muling sinalakay ang lupain na may malakas na puwersa, at lumugar sa libis ng Rephaim, na kaunti lamang ang layo mula sa Jerusalem. Si David at ang kanyang mga lalaki sa pakikipagbaka ay umurong tungo sa moog ng Sion, upang hintayin ang ipag-uutos ng Dios. At nag-usisa si David sa Panginoon, na nagsasabi, "Aahon ba ako laban sa mga Filisteo? ibibigay mo ba sila sa aking kamay? At sinabi ng Panginoon kay David, Umahon ka: sapagkat tunay na aking ibibigay ang mga Filisteo sa iyong kamay."

Si David ay kaagad sumalakay sa mga kaaway, tinalo at pinatay sila, at kinuha mula sa kanila ang mga diyos na kanilang dinala upang makatiyak na sila ay magtatagumpay. Lubhang nayamot dahil sa kahihiyan sa pagkakatalo sa kanila, ang mga Filisteo ay muli pang nagtipon ng isang higit pang malakas na puwersa, at bumalik sa pakikipagbaka. At muli sila ay "nagsikalat sa libis ng Rephaim." Muling nagtanong si David sa Panginoon at ang dakilang AKO NGA ay nagbigay ng direksyon sa mga hukbo ng Israel.

Ipinag-utos ng Dios kay David, na sinasabi, "Huwag kang aahon: liligid ka sa likuran nila, at ikaw ay sasagupa sa kanila sa mga puno ng morales. At mangyayari, pagka iyong narinig ang hugong ng lakad sa mga dulo ng mga puno ng morales, na ikaw nga ay magmamadali: sapagkat lumabas na ang Panginoon sa harap mo upang saktan ang hukbo ng mga Filisteo." Kung pinili ni David, gaya ni Saul, ang sarili niyang paraan, hindi sana siya nagkaroon ng tagumpay. Subalit isinagawa niya ang ipinag-utos ng Panginoon "at kanilang sinaktan ang hukbo ng mga Filisteo mula sa Gabaon hanggang sa Gezer. At ang kabantugan ni David ay lumaganap sa lahat ng lupain; at sinidlan ng Panginoon ng takot sa kanya ang lahat na bansa." 1 Cronica 14:16, 17.

Ngayong si David ay lubos nang matatag sa trono at malaya sa pagsalakay ng dayuhang mga kaaway, humarap siya sa pagsasakatuparan ng isang iniibig na layunin—na maipanhik ang kaban ng Dios tungo sa Jerusalem. Sa loob ng maraming mga taon ang kaban

ay nanatili sa Chiriath-jearim, siyam na milya ang layo; subalit angkop lamang na ang sentro ng bayan ay maparangalan ng tanda
[838] ng pakikiharap ng Dios.

Ipinatawag ni David ang tatlumpung libong mga namumunong mga lalaki ng Israel, sapagkat layunin niya na ang okasyong iyon ay gawing isang tagpo ng malaking kagalakan at pagpapahayag ng karingalan. Ang bayan ay masayang tumugon sa panawagan. Ang punong saserdote, kasama ang kanyang mga kapatid sa banal na tungkulin at ang mga prinsipe at ang mga lalaking namumuno sa mga lipi, ay natipon sa Chiriath-jearim. Si David ay nagniningning na may banal na kasigasigan. Ang kaban ay inilabas mula sa bahay ni Abinadab at inilagay sa isang bagong karo na hinihila ng mga baka, samantalang binabantayan ng dalawa sa mga anak ni Abinadab.

Ang mga lalaki ng Israel ay sumunod na may mga sigaw ng kagalakan at mga awit ng kasiyahan, isang karamihan ng mga tinig ang sumasama sa himig na kasabay ng mga tunog ng mga panugtog; "At si David at ang buong sambahayan ni Israel ay nagsitugtog sa harap ng Panginoon...ng mga alpa, at ng mga salterio, at ng mga pandereta, at ng mga simbalo." Mahaba nang panahon ang nakalipas mula nang ang Israel ay nakasaksi ng gano'ng tagpo ng pagtatagumpay. May solemneng kagalakan ang malaking prusisyon ay nagpaliku-liko sa mga landas noon sa mga burol at mga libis tungo sa Banal na Lungsod.

Subalit "nang sila'y magsidating sa giikan ni Nachon, iniunat ni Uzza ang kanyang kamay sa kaban ng Dios, at hinawakan; sapagkat ang mga baka ay nangatisod. At ang galit ng Panginoon ay nag-alab laban kay Uzza; at sinaktan siya ng Dios doon dahil sa kanyang kamalian; at doo'y namatay siya sa siping ng kaban ng Dios." Isang biglaang malaking takot ang nahulog sa nagagalak na maraming mga tao. Si David ay namangha at lubhang nabahala, at sa kanyang puso ay nagtanong siya tungkol sa katarungan ng Dios. Sinisikap niyang maparangalan ang kaban bilang simbolo ng presensya ng Dios. Bakit, kung magkagayon, pinarating ang kilabot na hatol na iyon upang ang panahon ng kagalakan ay maging isang okasyon ng kalungkutan at pagtangis? Nadadama na hindi magiging ligtas na ang kaban ay malapit sa kanya, ipinasya ni David na panatilihin iyon sa kina- roroonan. Isang lugar para doon ang nasumpungan sa malapit, sa bahay ni Obed-edom na Getheo.

Ang kapalaran ni Uzza ay isang hatol ng Dios sa paglabag sa isang napakalinaw na utos. Sa pamamagitan ni Moises ang Panginoon ay nagbigay ng natatanging tagubilin tungkol sa pagdadala ng kaban. [839]

Walang iba kundi ang mga inanak ni Aaron, ang maaaring humawak doon, ni maging sa pagtingin doon na walang takip. Ang ipinag-utos ng Dios ay, "magsisilapit pagkatapos ang mga anak ni Coat upang kanilang buhatin yaon: datapuwat huwag silang hihipo sa santuwaryo, baka sila'y mamatay." Mga Bilang 4:15. Kinakailangang takpan ng mga saserdote ang kaban, at iyon ay kinakailangang buhatin ng mga anak ni Coat sa pamamagitan ng mga pingga, na isinusuot sa mga argolya na nasa bawat panig ng kaban at hindi kailanman inaalis. Sa mga anak ni Gerson at sa mga anak ni Merari, na namamahala sa mga kurtina at mga tabla at mga haligi ng tabernakulo, si Moises ay nagbigay ng mga karo at mga baka para sa paglilipat ng mga nakatoka sa kanila. "Ngunit sa mga anak ni Coat ay walang ibinigay siya: sapagkat ang paglilingkod sa santuwaryo ay nauukol sa kanila: Kanilang pinapasan sa kanilang mga balikat." Mga Bilang 7:9. Kaya't sa pagdadala ng kaban mula sa Chiriath-jearim ay nagkaroon ng isang malinaw at hindi maaaring pagdahilanang pagbabaliwala sa ipinag-utos ng Dios.

Si David at ang kanyang bayan ay natipon upang magsakatuparan ng isang banal na gawain, at sila ay nakilahok doon na may masaya at handang mga puso; subalit hindi ng Panginoon maaaring tanggapin ang paglilingkod, sapagkat iyon ay hindi sang-ayon sa kanyang mga ipinag-uutos. Inilagay ng mga Filisteo, na walang kaalaman tungkol sa kautusan ng Dios, ang kaban sa isang karo nang kanilang ibalik iyon sa Israel, at tinanggap ng Panginoon ang pagsisikap na kanilang ginawa. Subalit nasa kamay ng mga Israelita ang isang malinaw na pahayag ng kalooban ng Dios ukol sa lahat ng mga bagay na ito, at ang kanilang pagpapabaya sa mga ipinag-uutos na iyon ay nakaka- lapastangan sa Dios. Si Uzza ang nagkaroon ng malaking kasalanan ng kapangahasan. Ang paglabag sa kautusan ng Dios ang nagpahina sa pagkadama ng kabanalan noon, at dahil sa mga kasalanang nasa kanya na hindi pa napagsisisihan, batid ang ipinagbabawal ng Dios, ay nangahas na hipuin ang simbolo ng presensya ng Dios. Hindi ng Dios maaaring tanggapin ang hindi kumpletong pagsunod, walang pabayang paraan ng pakikitungo sa

Kanyang mga utos. Sa pamamagitan ng hatol kay Uzza pinanukala Niyang mapatanim sa buong Israel ang kahalagahan ng pagbibigay ng mahigpit na pagsunod sa Kanyang mga ipinag-uutos. Sa gano'ng paraan ang pagkamatay ng isang tao, sa pamamagitan ng
[840] pag-aakay sa bayan tungo sa pagsisisi, ay maaaring makahadlang sa pangangailangan ng pagpaparusa sa libu-libo.

Nadarama na ang sarili niyang puso ay hindi ganap na matuwid sa Dios, si David, nang makita ang nangyari kay Uzza, ay natakot sa kaban, baka mayroon siyang kasalanan na kinakailangang maghatid ng mga hatol sa kanya. Subalit tinanggap ni Obed-edom, bagaman may galak at may pangingilabot, ang banal na simbolo bilang pangako ng pagkalugod ng Dios sa masunurin. Ang pansin ng buong Israel ay napatuon ngayon sa Getheo at sa kanyang sambahayan; at lahat ay nagmasid upang makita kung ano ang mangyayari sa kanila. "At pinagpala ng Panginoon si Obed-edom, at ang kanyang buong sambahayan."

Naganap ang layunin ng panunumbat ng Dios kay David. Siya ay naakay upang kanyang mabatid ang hindi pa niya nabatid kailan man na kabanalan ng kautusan ng Dios at ang pangangailangan ng mahigpit na pagsunod. Ang kaluguran na ipinahayag sa sambahayan ni Obed-edom ay umakay muli kay David upang magkaroon ng pag-asa na ang kaban ay maaaring maghatid ng isang pagpapala sa kanya at sa kanyang bayan.

Makalipas ang tatlong buwan ay sinubukan muli niyang ilipat ang kaban, at kanya ngayong pinag-ukulan ng masikap na pagsunod upang maisakatuparan ang bawat bahagi ng mga ipinag-uutos ng Panginoon. Ang mga namumunong mga lalaki ng bayan ay muling ipinatawag, at isang malaking kapulungan ang natipon sa dakong tinitirahan ng Getheo. May banal na pag-iingat ang kaban ngayon ay inilagay sa mga balikat ng mga lalaking itinalaga ng Dios, ang karamihan ay humanay, at may kinikilabutang mga puso ang malaking prusisyon ay muling sumulong. Nang makasulong ng anim na hakbang ang pakakak ay naghudyat ng pagtigil. Sa pag-uutos ni David ang mga hain na "isang baka at isang pinataba" ang ipinagkaloob. Napalitan ngayon ng kagalakan ang pangingilabot at pagkatakot. Hindi ng hari suot ang kanyang mga damit na panghari at ang kanyang suot ay isang simpleng epod na lino, gaya ng suot ng mga saserdote. Sa pamamagitan ng ginawang ito ay hindi niya

kinukuha ang tungkulin ng mga saserdote, sapagkat ang epod ay isinusuot din minsan ng iba bukod sa mga saserdote. Subalit sa banal na serbisyong ito ay kukunin niya ang kanyang lugar, sa harap ng Dios, na kapantay ng kanyang mga nasasakupan. Sa araw na iyon si Jehova ay papupurihan. Siya ang kinakailangang maging [841]
natatanging pag-uukulan ng pagsamba.

Ang mahabang hanay ay muling kumilos, at ang musiko ng alpa at ng kornata, ng pakakak at ng pompiyang, ay pumailanlang tungo sa langit, na sinasabayan ng himig ng maraming mga tinig. "At nagsayaw si David sa harap ng Panginoon," sa kanyang kagalakan na sumasabay sa sukat ng awit.

Ang pagsasayaw ni David sa banal na kagalakan sa harap ng Dios ay binabanggit ng mga maibigin sa kasiyahan sa pagbibigay ng katuwiran sa nagiging uso na makabagong mga sayaw, subalit walang batayan ang gano'ng kaisipan. Sa ating kapanahunan ang pagsasayaw ay kaugnay ng kahangalan at panghating-gabing katuwaan. Ang kalusugan at moralidad ay naihahain sa kasiyahan.Hindi ang Dios ang pinag-uukulan ng pag-iisip at pagsamba noong mga pumupunta sa sayawan; ang panalangin o ang pag-awit ng papuri ay magiging wala sa lugar sa kanilang mga pagtitipon. Ang pagsubok na ito ay kinakailangang maging batayan ng pagpapasya. Ang mga pag-aaliw na nakapagpapahina ng pag-ibig sa mga banal na bagay at nakapag- papaunti sa ating kagalakan sa paglilingkod sa Dios ay hindi dapat hanapin ng mga Kristiano. Ang tugtugin at pagsasayaw noong ilipat ang kaban ay walang kahit kaunting pagkakahawig sa pagsasayang ng panahon ng makabagong pagsasayaw. Ang isa ay nakahilig sa pag- alala sa Dios at nagtataas sa Kanyang banal na pangalan. Ang isa ay kasangkapan ni Satanas upang makalimutan ng tao ang Dios at Siya ay lapastanganin.

Ang nagsasayang prusisyon ay sumapit sa kapitolyo, kasunod ng banal na simbulo ng kanilang hindi nakikitang Hari. At isang pagsabog ng awit ang nag-utos sa mga tagapagbantay sa mga pader at mga pintuang bayan ng Banal na Lungsod na iyon ay buksan:

"Itaas ninyo ang inyong mga ulo,
Oh kayong mga pintuang bayan;
At kayo'y mangataas,
kayong mga walang hanggang pintuan;

At ang Hari ng kaluwalhatian ay papasok."

Ang grupo ng mga mang-aawit at manlalaro ay tumugon:

"Sino ang Hari ng kaluwalhatian?"

[842] Mula sa ibang grupo ang tumugon:

"Ang Panginoong malakas at makapangyarihan,
Ang Panginoong makapangyarihan sa pagbabaka."

Pagkatapos daan-daang mga tinig, nagkaakaisa, at isinigaw:

"Itaas ninyo ang inyong mga ulo,
Oh kayong mga pintuang bayan;
Oo, magsitaas kayo,
kayong mga walang hanggang pintuan;
At ang Hari ng kaluwalhatian ay papasok."

At muli ang masayang pagsasalita ay narinig, "Sino ang Hari ng kaluwalhatian?" at ang tinig ng napakarami, gaya "ng ugong ng maraming tubig," ay narinig at nagsabi:

"Ang Panginoon ng mga hukbo,
Siya ang Hari ng kaluwalhatian."

Mga awit 24:7-10.

At ang mga pintuang bayan ay binuksan ng husto, ang prusisyon ay pumasok, at may banal na pagkamangha ang kaban ay inilagay sa tolda na inihanda upang tanggapin iyon. Sa harap ng banal na kulandong ang mga dambana para sa mga hain ang itinayo; ang usok ng handog ukol sa kapayapaan at mga handog na susunugin, at ang ulap ng kamangyan, kasama ng mga pagpuri at panalangin ng Israel, ay pumailanglang sa langit. Natapos ang serbisyo, at ang hari ang bumigkas ng basbas sa kanyang bayan. At sa makaharing kasaganahan ay ipinag-utos niya ang mga kaloob na pagkain at alak upang ipama- hagi para sa kanilang ikasisigla.

Ang lahat ng mga lipi ay may kinatawan sa serbisyong ito, na pagdiriwang sa pinakabanal na okasyon sa naging paghahari ni

David. Ang Espiritu ng pagkasi ng Dios ay napasa hari, at ngayon samantalang ang huling mga sinag ng lumulubog na araw ay tumatama sa tabernakulo sa isang banal na liwanag, ang kanyang puso ay itinaas sa pagpapasalamat sa Dios na ang mapalad na simbulo ng kanyang presensya ngayon ay malapit na malapit na sa trono ng Israel.

Samantalang nag-iisip ng gano'n, si David ay humarap sa kanyang palasyo, "upang basbasan ang kanyang sambahayan." Subalit may- roong isa na sumaksi sa tagpo ng kasayahan na may lubhang kakaibang espiritu ang kumilos sa puso ni David. "Sa pagpasok ng kaban ng Panginoon sa bayan ni David, na si Michal na anak ni Saul ay tumingin sa dungawan, at nakita na ang haring si David ay naglulukso at nagsasayaw sa harap ng Panginoon; at kanyang niwalan ng kabuluhan siya sa kanyang puso." Sa kapai- [843]
tan ng kanyang damdamin hindi na niya mahintay ang pagbabalik ni David sa palasyo, kaya't lumabas upang salubungin siya, at sa kanyang may kagandahang-loob na pagbati ay ibinulalas ang isang agos ng mapapait na mga pananalita. Matatalas at nakasusugat ang panunuya ng kanyang pananalita:

"Pagkaluwalhati ngayon ng hari sa Israel, siya'y naghubad ngayon sa mga mata ng mga babaeng lingkod ng kanyang mga lingkod, na gaya ng naghuhubad na kahiyahiya ang isang walang kabuluhang tao."

Nadama ni David na ang paglilingkod sa Dios ang itinakwil at nilapastangan ni Michal, at mabagsik na siya ay sumangot: "Yao'y sa harap ng Panginoon, na Siyang pumili sa akin na higit sa iyong ama, at sa buong sambahayan niya, upang ihalal ako na prinsipe sa bayan ng Panginoon, sa Israel: kaya't ako'y tutugtog sa harap ng Panginoon. At ako'y magpapakawalang kabuluhan pa kaysa yaon, at ako'y magpapakababa sa aking sariling paningin: ngunit sa mga babaeng lingkod na iyong sinalita, ay pararangalan ako." Sa panunumbat ni David ay idinagdag ang sa Panginoon: dahil sa kanyang pagmamataas at kapalaluan, si Michal "ay hindi nagkaanak hanggang sa araw ng kanyang kamatayan."

Ang solemneng seremonya na kasabay ng paglilipat ng kaban ay lumikha ng nagtatagal na impresyon sa bayan ng Israel, pumupukaw ng mas malalim na pagkahilig sa paglilingkod sa santuwaryo at pinananariwang muli ang kanilang kasigasigan para kay Jehova.

Sinikap ni David sa pamamagitan ng lahat ng maaaring paraan na mapalalim ang mga kaisipang ito. Ang paglilingkod sa pamamagitan ng awit ay ginawang regular na bahagi ng mga pagsamba, at si David ay kumatha ng mga awit, hindi lamang upang magamit ng mga saserdote sa santuwaryo, kundi upang maawit ng bayan sa mga paglalakbay tungo sa pambansang dambana sa taun-taong mga kapistahan. Ang impluwensyang ginawa noon ay malayo ang narating, at humantong iyon sa pagpapalaya sa bayan mula sa pagsamba sa mga diyus-diyusan. Marami sa mga nakapaligid na mga bansa, nang makita ang pag-unlad ng Israel, ay naakay upang mag-isip nang kalugod-lugod tungkol sa Dios ng Israel, na gumawa ng gano'ng dakilang mga bagay para sa Kanyang bayan.

Ang tabernakulo na ginawa ni Moises, at lahat ng kasama sa paglilingkod sa santuwaryo, liban lamang sa kaban, ay naroon pa
[844] rin sa Gabaa. Layunin ni David na ang Jerusalem ay gawing sentrong panrelihiyon ng bayan. Siya ay nakapagtayo na ng palasyo para sa kanyang sarili, at nadama niya na hindi angkop sa kaban ang tumahan sa isang tolda. Ipinasya niyang gumawa para doon ng isang templo na may karilagan na nagpapahayag ng pagpapahalaga ng Israel sa karangalang ipinagkaloob sa bayan sa nananahang presensya ni Jehova na kanilang Hari. Nang ipahayag niya ang kanyang layunin sa propetang si Nathan, tumanggap siya ng nakapagpapasiglang sagot, "Yumaon ka, gawin mo ang lahat na nasa iyong puso; sapagkat ang Panginoon ay sumasa iyo."

Subalit nang gabi ding iyon ang salita ng Panginoon ay dumating kay Nathan, binibigyan siya ng isang mensahe para sa hari. Ipagkakait kay David ang karapatang magtayo ng isang bahay para sa Dios, subalit binigyan siya ng katiyakan ng kaluguran ng Dios sa kanya, sa kanyang mga inanak, at sa kaharian ng Israel: "Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo: kinuha kita mula sa kulungan ng tupa, sa pagsunod sa tupa, upang ikaw ay maging pangulo sa Aking bayan, sa Israel: at Ako'y sumaiyo saan ka man naparoon, at Aking inihiwalay ang lahat ng iyong mga kaaway sa harap mo; at gagawin kitang isang dakilang pangalan, gaya ng pangalan ng mga dakila na nasa lupa. At Aking tatakdaan ng isang dako ang Aking bayan na Israel, at Aking itatatag sila, upang sila'y magsitahan sa kanilang sariling dako, at huwag nang mabago pa; ni pipighatiin pa man sila ng mga anak ng kasamaan, na gaya ng una."

Sapagkat si David ay nagnasang magtayo ng isang bahay para sa Dios, ang pangako ay ibinigay, "isinaysay ng Panginoon sa kanya na igagawa siya ng isang bahay.... Aking ibabangon ang iyong binhi pagkatapos mo.... Ipagtatayo niya Ako ng bahay para sa Aking pangalan, at Aking itatatag ang luklukan ng kanyang kaharian magpakailan man."

Ang dahilan kung bakit si David ay hindi magtatayo ng templo ay ipinahayag: "Ikaw ay nagbubo ng dugo na sagana, at gumawa ng malaking pandirigma: huwag mong ipagtatayo ng bahay ang Aking pangalan.... Narito, isang lalaki ay ipanganganak sa iyo, na siyang magiging lalaking mapayapa; at bibigyan Ko siya ng kapahingahan sa lahat ng kanyang mga kaaway:...ang kanyang magiging pangalan ay Salomon, at bibigyan Ko ng kapayapaan at katahimikan ang Israel sa kanyang mga kaarawan: kanyang ipagtatayo ng bahay ang Aking [845]
pangalan." 1 Cronica 22:8-10. [846]

Bagaman ang iniibig na layunin ng kanyang puso ay ipinagkait, tinanggap ni David ang pahayag na mayroong pagpapasalamat. [847]
"Sino ako, Oh Panginoong Dios," pahayag niya, "at ano ang aking sambahayan na ako'y iyong dinala sa ganyang kalayo? At ito'y munting bagay pa sa Iyong paningin, Oh Panginoong Dios; ngunit ikaw ay nagsalita naman ng tungkol sa sambahayan ng iyong lingkod nang hanggang sa malayong panahong darating;" at kanyang pinanibago ang kanyang pakikipagtipan sa Dios.

Alam ni David na magiging isang karangalan sa kanyang pangalan at maghahatid ng kaluwalhatian sa kanyang pamamahala ang maisakatuparan ang gawain na kanyang pinanukala sa kanyang puso na gagawin, subalit siya ay handa upang isuko ang kanyang kalooban sa kalooban ng Dios. Ang may pagpapasalamat na pagurong na iyon na ipinahayag ay bihirang makita, maging sa mga Kristiano. Malimit yaong nakalampas na sa pagkakaroon ng lakas ng pagkalalaki ay kumakapit sa pag-asang makagagawa ng ilang dakilang gawain na doon nakatuon ang kanilang puso, subalit hindi sila karapat-dapat sa pagsasagawa noon! Ang awa at tulong ng Dios ay maaaring magsalita sa kanila, tulad ng ginawa ng kanyang propeta kay David, ipinapahayag na ang gawain na gustung-gusto niyang gawin ay hindi ipinagkaka- loob sa kanila. Nasa kanila ang ihanda ang daan upang iyon ay maisakatuparan ng iba. Subalit sa halip na may pagpapasalamat na sumang-ayon sa ipinapahayag ng

Dios, marami ang nahuhulog pau- rong na tila niwalang halaga at itinakwil, nadarama na kung hindi nila magagawa ang isang bagay na nais nilang gawin, wala silang gagawing ano pa man. Marami ang kumakapit na may desperadong lakas sa mga responsibilidad na hindi angkop na mapasa kanila, sa- mantalang iyon sanang kanilang magagawa, ay napapabayaan. At dahil sa kaku-langang ito ng kooperasyon sa kanilang bahagi ang higit na malaking gawain ay nahahadlangan o nabibigo.

Si David, sa kanyang pakikipagtipan kay Jonathan, ay nangako na kung siya ay magkakaroon ng kapahingahan mula sa kanyang mga kaaway siya ay magpapahayag ng kagandahang-loob sa sambahayan ni Saul. Sa kanyang kasaganahan, samantalang iniisip ang pakiki- pagtipang ito, ang hari ay nagtanong, "May nalalabi pa ba sa sambahayan ni Saul, upang aking mapagpakitaan ng kagandahang loob dahil kay Jonathan?" Sinabi sa kanya ang tungkol sa isang anak
[848] na lalaki ni Jonathan, na si Mephiboseth, na naging pilay mula sa kanyang pagkabata. Sa panahon ng pagkatalo kay Saul ng mga Filisteo sa Jezreel, ang nag-aalaga sa bata, sa pagtatangkang makatakas na kasama siya, ay nahayaang siya ay mahulog, kung kaya't habang-buhay siyang naging pilay. Ipinatawag ngayon ni David ang kabataang lalaki sa korte at tinanggap siya na may malaking kagandahang-loob. Ang mga sariling pag-aari ni Saul ay ibinalik sa kanya upang ipangtustos sa kanyang sambahayan; subalit ang anak ni Jonathan ay patuloy na magiging panauhin ng hari, na araw-araw na umuupo sa hapag kainan ng hari. Sa pamamagitan ng mga ulat mula sa mga kaaway ni David, si Mephiboseth ay naakay upang ibigin ang isang hindi magandang kaisipan laban sa kanya na isang mang-aagaw; subalit ang pagiging mapagbigay ng hari at ang magalang na pagtanggap sa kanya at ang kanyang nagpapatuloy na kagandahang-loob ay humuli sa puso ng kabataang lalaki; naging lubhang malapit siya kay David, at, tulad sa kanyang ama na si Jonathan, nadama niya na ang kanyang hilig ay kaisa ng hari na pinili ng Dios.

Nang si David ay maitatag sa trono ng Israel ang bayan ay nagkaroon ng isang mahabang panahon ng kapayapaan. Ang mga kalapit na mga bayan, nang makita ang kapangyarihan at pagkakaisa ng kaharian, ay nagkaisip agad na magiging mabuti ang umiwas sa lantarang pakikipagbaka; at si David na abala sa pag-aayos at pagpap-

atatag sa kanyang kaharian, ay umiwas sa agresibong pakikipagbaka. Sa huli, gano'n pa man, siya ay nakipagbaka laban sa mga matagal ng mga kaaway ng Israel, na mga Filisteo, at sa mga Moabita, at nagtagumpay sa panlulupig sa dalawa at ginawa silang mga nasasakupan.

At mayroong nabuo laban sa kaharian ni David na isang malaking pagsasanib ng mga nakapaligid na mga bansa, na mula doon ay nagkaroon ng pinakamalaking mga digmaan at pagtatagumpay ng kanyang paghahari at ng pinakamalawak na karagdagan sa kanyang kapangyarihan. Ang pagsasanib na ito ng mga kalaban, na tunay na nagmula sa paninibugho sa lumalagong kapangyarihan ni David, ay ganap na hindi niya kagagawan. Ang mga pangyayari na naghatid sa pagbangon noon ay ito:

Nakarating ang balita sa Jerusalem na ipinahahayag ang pagkamatay ni Naas, na hari ng mga Ammonita—isang hari na nagpakita
ng kagandahang-loob kay David nang siya ay tumatakas mula sa [849]
matinding galit ni Saul. Ngayon, sa pagnanasang maipahayag ang kanyang nagpapasalamat na pagkilala sa kabutihang ipinakita sa kanya sa panahon ng kanyang pagkabahala, si David ay nagsugo ng mga kinatawan na may isang mensahe ng pakikiramay kay Hanan, na anak at kahalili ng hari ng mga Ammonita. "At sinabi ni David, Aking pagpapakitaan ng kagandahang-loob si Hanan na anak ni Naas, na gaya ng pagpapakita ng kagandahang-loob ng kanyang ama sa akin."

Subalit binigyan ng ibang pakahulugan ang paggalang na kanyang isinagawa. Ang mga Ammonita ay galit sa tunay na Dios at sila ay mahigpit na mga kaaway ng Israel. Ang nahayag na kabutihan ni Naas kay David ay bunga lamang ng galit niya kay Saul bilang hari ng Israel. Ang pahayag ni David ay binigyan ng ibang pakahulugan ng mga tagapayo ni Hanan. Wika nila, "kay Hanan na kanilang panginoon, Inaakala mo bang pinararangalan ni David ang iyong ama, kaya't siya'y nagsugo ng mga taga-aliw sa iyo? hindi ba nagsugo si David ng kanyang mga bataan sa iyo upang kilalanin ang bayan, at upang tiktikan, at upang daigin?" Dahil sa payo ng mga tagapayo ni Naas kaya't si Naas, halos kalahating siglo na ang nakalilipas ay napasunod na gumawa ng malupit na kundisyon na hiniling sa mga taga Jabes-galaad, nang salakayin ng mga Ammonita, ng sila ay hu- miling ng isang pakikipagkasundo sa

kapayapaan. Hiniling ni Naas na ibigay sa kanya ang karapatang alisin ang kanang mata nilang lahat. Tandang-tanda pa kung paanong sinira ng hari ng Israel ang malupit nilang panukala, at iniligtas ang bayan na sana ay kanila nang hiniya at sinira. Ang gano'ng galit pa rin sa Israel ang kumikilos sa kanila. Hindi nila makita ang mabuting espiritu na kumilos sa mensahe ni David. Kapag si Satanas ang nangangasiwa sa isip ng tao siya ay lilikha ng inggit at paghihinala na maaaring magbigay ng maling pakahulugan sa pinakamabuting mga layunin. Dahil sa paki- kinig sa kanyang mga tagapayo, inakala ni Hanan na ang mga sugo ni David ay mga tiktik, at sila ay pinagalitan at ininsulto.

Ang mga Ammonita ay pinahintulutang isakatuparan ang masasamang layunin ng kanilang mga puso na hindi napipigilan, upang ang tunay nilang likas ay mahayag kay David. Hindi kalooban ng Dios na ang Kanyang bayan ay magkaroon ng pakikipagkasundo sa mga mapanlinlang na mga paganong mga tao.

[850] Noong unang mga panahon, tulad rin ngayon, ang tungkulin ng embahador ay itinuturing na banal. Sa pangkalahatang kautusan ng mga bansa tinitiyak noon ang proteksyon mula sa pansariling karahasan o pang-iinsulto. Sa embahador na tumatayo bilang kinatawan ng kanyang hari, anumang kawalan ng hiya ang gawin sa kanya ay nangangailangan kaagad na maiganti. Ang mga Amonita, sapagkat alam na ang pang-iinsulto na ginawa nila sa Israel ay tila paghihigantihan, ay naghanda sa pakikipagbaka. "At nang makita ng mga anak ni Ammon na sila'y naging nakapopoot kay David, si Hanan at ang mga anak ni Ammon ay nagpadala ng isang libong talentong pilak, upang mangupahan sila ng mga karo at mga mangangabayo na mula sa Mesopotamia, at mula sa Aram-maacha, at mula sa Soba. Sa gayo'y nangupahan sila ng tatlumpu't dalawang libong karo.... At ang mga anak ni Ammon ay nagpipisan mula sa kanilang mga bayan, at nagsiparoon upang makipagbaka." 1 Mga Cronica 19:6, 7.

Iyon ay isang tunay na makapangyarihang pagsasanib. Ang mga naninirahan sa rehiyong nasa pagitan ng ilog Eufrates at ng dagat ng Medeterania ay nakilakip sa mga Ammonita. Ang hilaga at silangang bahagi ng Canaan ay napalibutan ng mga armadong mga kaaway, na nagsanib upang buwagin ang kaharian ng Israel.

Ang mga Hebreo ay hindi na naghintay na salakayin ang kanilang lupain. Ang kanilang mga puwersa, sa pangangasiwa ni Joab, ay tumawid sa Jordan at sumalakay sa kapitolyo ng mga Ammonita. Samantalang pinangungunahan ng pinuno ng mga Hebreo ang kanyang hukbo tungo sa paraang sinikap niyang pasiglahin sila sa pakikipagbaka, na sinasabi, "Magpakatapang kang mabuti, at tayo'y magpakalalaki para sa ating bayan, at sa mga bayan ng ating Dios: at gawin ng Panginoon ang inaakala Niyang mabuti." 1 Mga Cronica 19:13. Ang nagsanib na mga puwersa na mga magkakatulong na bansa ay nadaig sa unang pagsasagupaan. Subalit wala pa rin sa kanilang kalooban na isuko ang labanan, at nang sumunod na taon ay muling pinanariwa ang labanan. Tinipon ng hari ng Siria ang kanyang mga puwersa, na tinatakot ang Israel na may lubhang napakalaking hukbo. si David, sapagkat batid ang halaga ng magiging bunga ng labanang ito, ay sumama sa labanan, at sa pamamagitan ng biyaya ng Dios na pinatama sa mga magkakatulong na mga bansa isang pagkatalong lubhang nakasisira na ang mga taga Siria, mula sa Libano hanggang sa Euphrates, ay hindi lamang sumuko sa pakikipagdigma, kundi naging isa sa mga nasasakupan [851]
ng Israel. Laban sa mga Ammonita ay ipinagpatuloy ni David ang pakikipagdig- ma na may lakas, hanggang sa ang kanilang mga matitibay na mga moog ay bumagsak at ang buong rehiyon ay napasa ilalim ng ka- pangyarihan ng Israel.

Ang mga panganib na nagbanta sa bayan na may lubhang pagkawasak, sa pamamagitan ng awa at tulong ng Dios, ay naging pinaka kasangkapan upang iyon ay bumangon tungo sa hindi napapantayang kadakilaan. Sa pag-alaala sa mga kahanga-hanga niyang pagkaligtas, si David ay umaawit:

"Mabuhay nawa ang Panginoon;
 at maging mapalad nawa ang aking malaking bato;
at dakilain ang Dios ng aking kaligtasan:
 Sa makatuwid baga'y ang
Dios na naghihiganti sa akin,
 at nagpapasuko ng mga bayan sa akin.
Kanyang inililigtas ako sa aking mga kaaway:
 Oo, Itinataas Mo ako sa
nagsisibangon laban sa akin:

Iyong inililigtas ako sa mangdadahas na tao.
Kaya't ako'y magpapasalamat sa Iyo,
Oh Panginoon, sa gitna ng mga bansa,
At aawit ako ng mga pagpupuri sa Iyong pangalan.
Dakilang kaligtasan ay ibinibigay Niya sa Kanyang hari;
At nagpapakita ng kagandahang loob sa
Kanyang pinahiran ng langis.
Kay David at sa kanyang binhi magpakailan man."

Mga Awit 18:46-50.

At sa lahat ng mga awit ni David ang kaisipan ay itinatanim sa kanyang bayan na si Jehova ang kanilang lakas at tagapagligtas:

"Walang hari na nakaliligtas sa
pamamagitan ng malaking kalakasan:
Ang malakas na tao ay hindi
maililigtas sa maraming kalakasan.
Ang kabayo ay walang
kabuluhang bagay sa pagliligtas:
Ni hindi niya iniligtas ang sinoman sa
pamamagitan ng kanyang malaking kalakasan."

Mga Awit 33:16, 17.

"Ikaw ang aking Hari, O Dios:
Mag-utos Ka ng kaligtasan sa Jacob.
Dahil sa Iyo'y itutulak namin
ang aming mga kaaway:
Sa Iyong pangalan ay yayapakan namin
sila na nagsisibangon laban sa amin.
[852] Sapagkat hindi ako titiwala sa aking busog.
Ni ililigtas man ako ng aking tabak.
Ngunit iniligtas Mo kami sa aming mga kaaway,
At inilagay Mo sila sa kahihiyan na nangagtatanim sa amin."

Mga Awit 44:4-7.

"Ang iba ay tumitiwala sa mga karo,

at ang iba ay sa mga kabayo:
Ngunit babanggitin namin ang pangalan
ng Panginoon naming Dios."

Mga Awit 20:7.

Ang kaharian ng Israel ay nakarating na ngayon sa mga hangganan na katuparan ng pangakong ibinigay kay Abraham, at makalipas iyon ay inulit kay Moises: "Sa iyong binhi ibinigay Ko ang lupaing ito, mula sa ilog ng Egipto hanggang sa malaking ilog, na ilog ng Eufrates." Genesis 15:18. Ang Israel ay naging isang makapang- yarihang bansa, iginagalang at kinatatakutan ng mga kalapit na mga bayan. Sa sarili niyang kaharian ang kapangyarihan ni David ay naging napaka dakila. Pinamunuan niya, na kakaunti lamang sa mga hari sa lahat ng kapanahunan ang nakapamuno, sa pagmamahal at pagtata- pat ng kanyang bayan. Kanyang pinarangalan ang Dios, at siya ngayon ay pinararangalan ng Dios.

Subalit sa kalagitnaan ng kaunlaran ay may nakakubling panganib. Sa panahon ng kanilang pinakadalalang panlabas na pagtatagumpay si David ay nasa pinakamalaking kapahamakan, at nagkaroon ng pinaka nakahihiyang pagkatalo. [853]

## Kabanata 71—Ang Kasalanan at Pagsisisi ni David

Ang kabanatang ito ay batay sa 2 Samuel 11; 12.

Ang Biblia ay may kaunting papuri lamang na sinasabi tungkol sa mga tao. Kaunting lugar lamang ang inilaan sa pagsasalaysay ng kabutihan maging ng pinakamabuting mga lalaki na nabuhay. Ang katahimikang ito ay may layunin; ito ay may liksyon. Ang lahat ng mabubuting katangian na mayroon ang tao ay mga kaloob ng Dios; ang kanilang mabubuting mga gawa ay isinagawa sa pamamagitan ng biyaya ng Dios sa pamamagitan ni Kristo. Sapagkat utang nila ang lahat sa Dios ang kaluwalhatian ng anumang kanilang gagawin ay nauukol lamang sa Kanya; sila ay pawang mga kasangkapan sa Kanyang mga kamay. Higit pa dito—gaya ng itinuturo ng lahat ng mga salaysay sa Biblia—isang mapanganib na bagay ang papurihan o itaas ang mga tao; sapagkat kung mawala sa paningin ng isa ang lubos na pangangailangan niya ng tulong ng Dios, at magtiwala sa sarili niyang lakas, siya ay tiyak na mahuhulog. Ang tao ay naki-lapagbaka sa kaaway na higit na makapangyarihan kaysa kanya. "Ang ating pakikipagbaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga nama- mahala ng kadilimang ito sa sanlibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan." Efeso 6:12. Imposible para sa atin sa pamamagitan ng sarili nating lakas ang manatili sa pakikipagbaka; at anuman ang makapag-aalis ng isip mula sa Dios, anuman ang makapaghahatid sa pagpaparangal sa sarili o sa pag-titiwala sa sarili, ay tiyak na naghahanda ng daan para sa ating ikababagsak. Ang diwa ng Biblia ay upang magkaroon ng hindi pagtitiwala sa kapangyarihan ng tao at pasiglahin ang pagtitiwala sa kapangyarihan ng Dios.

Ang espiritu ng pagtitiwala sa sarili at pagpaparangal sa sarili ang naghanda ng daan para sa pagkahulog ni David. Ang labis na papuri at ang tusong mga pang-akit ng kapangyarihan at kaluhuan ay nagkaroon ng epekto sa kanya. Ang pakikisalamuha sa mga

kalapit na mga bansa ay naghatid rin sa kanya ng impluwensya para sa kasamaan. Sang-ayon sa mga kaugaliang laganap sa mga hari sa [854] si- langan, ang mga krimen na hindi pinapalampas sa mga nasasakupan ay hindi kinukundena sa hari; ang hari ay wala sa ilalim ng obligasyon na magkaroon ng pagpipigil sa sarili ng gaya ng mga nasasakupan. Ang lahat ng ito ay nagpahina sa pagkadama ni David sa lubhang pagkamakasalanan ng kasalanan. At sa halip na may pagpapakum- babang magtiwala sa kapangyarihan ni Jehova, siya ay nagsimulang magtiwala sa sarili niyang karunungan at kapangyarihan. Sa sandaling maihiwalay na ni Satanas ang kaluluwa mula sa Dios, na tanging Pinagmumulan ng lakas, sisikapin niyang pukawin ang mga hindi banal na pagnanasang laman ng likas ng tao. Ang paggawa ng kaaway ay hindi biglaan; hindi iyon, sa pagbungad pa lamang, biglaan at nakakagulat; iyon ay isang lihim na pagpapahina sa mga matibay na tanggulan ng prinsipyo. Iyon ay nagsisimula sa tila maliliit na mga bagay—ang pagpapabaya sa pagiging tapat sa Dios at sa pagtitiwala ng lubos na sa Kanya lamang, at ang disposisyon na sumunod sa mga kaugalian at gawain ng sanlibutan.

Bago matapos ang pakikipaglaban sa mga Ammonita, si David, nang iwan ang pangangasiwa ng hukbo kay Joab, ay bumalik sa Jerusalem. Ang mga taga Siria ay sumuko na sa Israel, at ang ganap na pagpapabagsak sa mga Ammonita ay mukhang tiyak na. Si David ay napapalibutan ng mga bunga ng pagtatagumpay at ng karangalan ng kanyang talino ay may kakayahang maghari. Ngayon, samantalang siya ay nasa kaginhawahan at hindi nababantayan, sinamantala ng manunukso ang pagkakataon upang sakupin ang kanyang pag-iisip. Ang katotohanan na kinuha ng Dios si David tungo sa gano'n ka- lapit sa pakikipag-ugnayan sa kanya at nagpahayag ng dakilang mga pagkalugod sa kanya ang dapat sana ay nagsilbing pinakamalakas na panghimok sa kanya upang ingatang hindi nadudungisan ang kanyang pagkatao. Subalit nang nasa kaginhawahan at kasiguruhan sa sarili ay bumitaw siya sa pagkakahawak sa Dios, si David ay sumang-ayon kay Satanas at naghatid sa kanyang kaluluwa ng bahid ng kasalanan. Siya na pinili ng Langit upang maging pinuno ng bayan, pinili ng Dios upang isakatuparan ang Kanyang kautusan, siya pa ang sumalangsang sa ipinag-uutos noon. Siya na dapat sana ay naging isang katatakutan ng mga gumagawa ng kasamaan, sa

pamamagitan ng sarili niyang ginawa ay nagpalakas sa kanilang mga kamay.

[855] Sa kalagitnaan ng mga panganib noong mga unang bahagi ng kanyang buhay si David sa nababatid na pagtatapat ay nagagawang ipagtiwala ang kanyang kalagayan sa Dios. Ang kamay ng Dios ay ligtas na pumatnubay sa kanya upang makalampas sa di mabilang na mga silo na inilatag para sa kanyang mga paa. Subalit ngayon, nag- kasala at hindi nagsisisi, hindi siya humingi ng tulong at pagpatnubay mula sa Langit, sa halip ay sinikap na maialis ang kanyang sarili mula sa mga panganib na kung saan siya ay isinangkot ng kasalanan. Si Bathsheba, na ang nakamamatay na kagandahan ay naging isang silo sa hari, ay asawa ni Uria na Hetheo, isa sa pinakamatapang at pina- katapat sa mga opisyal. Walang maaaring makaalam kung ano ang mangyayari kung ang kasalanan ay mahahayag. Ang kautusan ng Dios ay humahatol ng kamatayan sa nagkasala ng pangangalunya, at ang sundalong may mapagmalaking espiritu, na nagawan ng gano'ng kahiya-hiyang kasamaan ay maaaring maghiganti sa pamamagitan ng pagpatay sa hari o sa pamamagitan ng pagkilos sa bayan upang mag- himagsik.

Ang bawat pagsisikap ni David upang maikubli ang kanyang kasalanan ay nasumpungang walang saysay. Kanya nang ipinagkanulo ang kanyang sarili sa kapangyarihan ni Satanas; ang panganib ay nakapalibot sa kanya, paglapastangan na higit na mapait sa kamatayan ay nasa harap niya. May nahahayag na isa na lamang paraan upang makalaya, at sa kanyang kawalan ng pag-asa siya ay nagmadali upang idagdag ang kasalanan ng pagpatay sa pangangalunya. Siya na gumawa ng paraan upang si Saul ay mamatay ay gumagawa ng paraan upang maihatid si David sa kapahamakan. Bagaman ang mga pang-akit ay magkaiba, ang mga iyon ay pawang naghahatid tungo sa paglabag sa kautusan ng Dios. Inisip ni David na kung si Uria ay mapapatay sa pamamagitan ng kamay ng mga kaaway sa pakikipagdigma, ang kasalanan sa kanyang pagkamatay ay hindi na masususon sa hari na nasa bahay. Si Bathsheba ay magiging malaya upang maging asawa ni David, ang paghihinala ay mailalayo, at ang karangalan ng hari ay mapananatili.

Si Uria ay ginawang tagapagdala ng kasulatan ng sarili niyang kamatayan. Isang sulat na dinala sa pamamagitan ng kanyang kamay para kay Joab mula sa hari ay nag-uutos "Ilagay mo si Uria sa pinaka-

unahan ng mahigpit na pagbabaka, at kayo'y magsiurong mula sa kanya, upang siya'y masaktan at mamatay." Si Joab, na may bahid na ng kasalanan ng walang pakundangang pagpatay, ay hindi nag- [856]
atubiling sumunod sa ipinag-utos ng hari, at si Uria ay namatay sa pamamagitan ng tabak ng mga anak ni Ammon.

Dati-rati ang tala ni David bilang isang hari ay naging isa na kaunting hari lamang ang makakapantay. Nasulat tungkol sa kanya na kanyang "iginawad...ang kahatulan at ang katuwiran sa kanyang buong bayan." 2 Samuel 8:15. Ang kanyang kalinisan ng budhi ay nagtamo ng pagtitiwala at katapatan ng bayan. Subalit sa kanyang paghiwalay sa Dios at pagsang-ayon kay Satanas, sa pagkakataong iyon siya ay naging kasangkapan ni Satanas; gano'n pa man hawak pa rin niya ang tungkulin at kapangyarihan na ipinagkaloob sa kanya ng Dios, at dahil dito, ay nag-aangkin ng pagkamasunurin na magpapahamak sa kaluluwa na lilihis doon. At si Joab, na ang pagkamatapat ay ipinagkaloob sa hari sa halip na sa Dios, ay sumalansang sa kautusan ng Dios sapagkat iyon ay ipinag-utos ng hari.

Ang kapangyarihan ni David, ay ibinigay sa kanya ng Dios, subalit upang magamit lamang na kasang-ayon ng banal na kautusan. Noong kanyang ipag-utos ang labag sa kautusan ng Dios, naging kasalanan ang sumunod sa kanya. "Ang mga kapangyarihang yao'y hinirang ng Dios" (Roma 13:1), subalit hindi natin dapat sundin ang mga iyong labag sa kalooban ng Dios. Si apostol Pablo, sa sulat sa mga Taga Corinto, ay naghayag ng mga prinsipyo na kinakailangang manguna sa atin. Wika niya, "Maging taga tulad kayo sa akin, na gaya ko naman kay Kristo." 1 Corinto 11:1.

Isang sulat tungkol sa pagsasakatuparan ng kanyang iniutos ay ipinadala kay David, subalit maingat na ginamitan ng pananalita upang si Joab o ang hari ay huwag masangkot. "Ibinilin" ni Joab "sa sugo, na sinasabi, Pagka ikaw ay nakatapos na magsaysay sa hari ng lahat ng mga bagay tungkol sa pagbabaka, mangyari na kung ang galit ng hari ay mag-init,...saka mo sasabihin, ang Iyong lingkod na si Uria na Hetheo ay namatay rin. Sa gayo'y yumaon ang sugo, at naparoon at isinaysay kay David ang lahat na iniutos sa kanya ni Joab."

Ang sagot ng hari ay, "Ganito ang sasabihin mo kay Joab, Huwag mong masamain ang bagay na ito, sapagkat nilalamon ng tabak ina-

ging ito gaya ng iba: iyong palakasin pa ang iyong pagbabaka laban sa bayan, at iwasak: at iyong palakasin ang loob niya."

Isinagawa ni Bathsheba ang kaugaliang mga araw ng pagtangis
[857] para sa kanyang asawa; at nang iyon ay matapos "nagsugo si David at kinuha siya sa kanyang bahay, at siya'y naging kanyang asawa." Siya na ang maibiging konsensya at mataas na pagtingin sa karangalan ay hindi nagpapahintulot na kanyang itaas ang kanyang kamay, kahit na nasa panganib ang kanyang buhay, laban sa pinahiran ng Panginoon, ay nahulog ng gano'n na lamang na magagawan niya ng kasamaan at mapapatay ang isa sa kanyang pinakamatapat at pinakamatapang na mga kawal, at aasang masisiyahan na hindi nagagambala sa bunga ng kanyang kasalanan. Sayang! paanong ang napakainam na ginto ay lumabo! paanong ang pinakamainam na ginto ay nabago!

Mula pa sa pasimula iniharap na ni Satanas sa mga tao ang mga pakinabang na makakamtan sa pamamagitan ng pagsalangsang. Sa gano'ng paraan ay inakit niya ang mga anghel. Gano'n niya tinukso si Adan at si Eva upang magkasala. At gano'n pa rin niya inaakay ang marami upang lumayo mula sa pagiging masunurin sa Dios. Ang landas ng pagsalangsang ay ginagawang maghitsurang kanais-nais; "ngunit ang dulo niyaon ay mga daan ng kamatayan." Kawikaan 14:12. Masaya yaong, nang mapunta sa landas na ito, ay nalaman kung gaano kapait ang mga bunga ng kasalanan, at kaagad tumalikod mula doon. Sa kanyang kahabagan hindi iniwan ng Dios si David upang maakit tungo sa lubos na pagkapahamak sa pamamagitan ng mapanlinlang na mga gantimpala ng kasalanan.

Alang-alang din sa Israel ay kinakailangang mamagitan ang Dios. Sa paglakad ng panahon, ang kasalanan ni David kay Bathsheba ay nahayag, at nagkaroon ng paghihinala na kanyang panukala ang pagkamatay ni Uria. Ang Panginoon ay nalapastangan. Kinaluguran at itinaas si David, at ang kasalanan ni David ay nagbigay ng maling pahayag tungkol sa likas ng Dios at nagbahid ng kahihiyan sa Kanyang pangalan. Iyon ay nakakiling sa pagbababa ng pamantayan ng kabanalan sa Israel, sa pagbawas sa maraming mga isip sa pagkamuhi sa kasalanan; samantalang iyong hindi umiibig at natatakot sa Dios sa pamamagitan noon ay napapatapang sa pagsalangsang.

Si Nathan na propeta ay inutusang maghatid ng mensahe ng pagsansala kay David. Iyon ay isang mensahe na kakilakilabot sa

kabagsikan. Sa kakaunting mga hari lamang maaaring maibigay ang gano'ng pagsansala kung hindi kapalit ang tiyak na kamatayan ng nagsasansala. Inihatid ni Nathan ang hatol ng Dios na walang katinagtinag, gano'n pa man ay may mula sa langit na karunungan upang maisangkot ang mga kahabagan ng hari, upang mapukaw ang [858] kanyang konsensya, at upang magmula sa kanyang mga labi ang hatol na kamatayan sa kanyang sarili. Namanhik kay David bilang pinili ng Dios upang maging tagapag-ingat ng mga karapatan ng kanyang bayan, ang propeta ay nagsalaysay ng tungkol sa kasamaan at pang-aapi na nangangailangan ng pagtutuwid.

"May dalawang lalaki sa isang bayan," wika niya, "ang isa ay mayaman at ang isa ay mahirap. Ang mayaman ay mayroong totoong maraming kawan at bakahan: ngunit ang mahirap ay walang anomang bagay, liban sa isang munting korderong babae, na kanyang binili at inalagaan: at lumaki sa kanya, at sa kanyang mga anak; kumain ng kanyang sariling pagkain at uminom ng kanyang sariling inumin, at humihiga sa kanyang sinapupunan, at sa kanya'y parang isang anak. At naparoon ang isang manlalakbay na mayaman, at ipinagkait niya ang kanyang sariling kawan at ang kanyang sariling bakahan, na ihanda sa naglalakbay na dumating sa kanya, kundi kinuha ang kordero ng mahirap na lalaki, at inihanda sa lalaki na dumating sa kanya."

Ang galit ng hari ay napukaw, at kanyang sinabi, "Buhay ang Panginoon, ang lalaki na gumawa nito ay karapatdapat na mamatay; at isauli ang kordero na may dagdag na apat, sapagkat kanyang ginawa ang bagay na ito, at sapagkat siya'y hindi naawa." 2 Samuel 12:5, 6.

Itinitig ni Nathan ang kanyang mga mata sa hari; at, samantalang ang kanang kamay ay itinataas sa langit, solemne niyang ipinahayag, "Ikaw ang lalaking iyon." "Bakit nga," siya ay nagpatuloy, "iyong niwalang kabuluhan ang salita ng Panginoon, na iyong ginawa ang masama sa Kanyang paningin?" Ang nagkasala ay maaaring magtangka, tulad ng ginawa ni David, na ikubli ang kanilang krimen sa tao; maaaring pagsikapan nilang ilibing ang masamang ginawa magpakailan pa man mula sa paningin o kaalaman ng tao; subalit "ang lahat ng mga bagay ay hubad at hayag sa harapan ng mga mata Niyaong ating pagsusulitan." Hebreo 4:13. "Walang bagay na

nata- takpan, na hindi mahahayag; at natatago na hindi malalaman." Mateo 10:26.

Pahayag ni Nathan: "Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, Pinahiran lata ng langis na maging hari sa Israel, at Aking iniligtas ka sa kamay ni Saul.... Bakit nga iyong niwalang kabuluhan ang salita ng Panginoon, na iyong ginawa ang masama sa Kanyang paningin? iyong sinugatan ng tabak si Uria na Hetheo, at iyong kinuha ang kanyang asawa upang maging iyong asawa, at iyong
[859] pinatay siya ng tabak ng mga anak ni Ammon. Ngayon nga'y ang tabak ay hindi hihiwalay kailan man sa iyong sambahayan.... Narito, Ako'y magtitindig ng kasamaan laban sa iyo na mula sa iyong sariling sambahayan, at Aking kukunin ang iyong mga asawa sa harap ng iyong mga mata, at Aking ipagbibigay sa iyong kapwa.... Sapagkat iyong ginawa na lihim: ngunit Aking gagawin ang bagay na ito sa harap ng buong Israel, at sa harap ng araw."

Ang panunumbat ng propeta ay kumilos sa puso ni David; ang konsensya ay napukaw; ang kanyang kasalanan ay nahayag sa lahat ng kasamaan noon. Ang kanyang kaluluwa ay yumuko sa pagsisisi sa harap ng Dios. Nanginginig ang mga labi na kanyang sinabi, "Ako'y nagkasala laban sa Panginoon." Ang lahat ng kasamaan na ginawa sa iba ay bumabalik na umaabot mula sa nasaktan tungo sa Dios. Si David ay nakagawa ng isang malaking kasalanan, kapwa kay Uria at kay Bathsheba, at matalas na nadama niya ito. Subalit higit at hindi masusukat ang kanyang kasalanan laban sa Dios.

Bagaman walang masusumpungan sa Israel na magsasakatuparan ng hatol na kamatayan sa pinahiran ng Panginoon, si David ay kinilabutan, baka, magkasala at hindi napapatawad, siya ay mamatay sa pamamagitan ng mabilis na paghatol ng Dios. Subalit ang mensahe ay pinarating sa kanya ng propeta, "Inalis din ng Panginoon ang iyong kasalanan; hindi ka mamatay." Gano'n pa man ang katarungan ay kinakailangang mapanatili. Ang hatol na kasalanan ay inilipat mula kay David tungo sa anak ng kanyang pagkakasala. Sa gano'ng paraan ang hari ay nabigyan ng pagkakataon upang magsisisi; samantalang para sa kanya ang paghihirap at pagkamatay ng bata, bilang bahagi ng parusa sa kanya, ay higit na mapait kaysa sarili niyang kamatayan. Wika ng propeta, "Sapagkat sa gawang ito'y iyong binigyan ng malaking pagkakataon ang mga kaaway ng Pangi-

noon upang magsi- panungayaw, ang bata naman na ipinanganak sa iyo ay walang pag- salang mamamatay."

Noong ang kanyang anak ay nagkasakit, si David, sa pag-aayuno at malalim na pagpapakumbaba, ay nakiusap para sa buhay noon. Hinubad niya ang kanyang mga kasuutang panghari, itinabi niya ang kanyang korona, at gabi-gabi siya ay nahihiga sa lupa, nagdadalamhati sa kalungkutan na namamagitan para sa isang walang kasalanan na nagdurusa para sa kanyang kasalanan. "At bumabangon ang mga matanda sa kanyang bahay, at tumatayo sa siping niya, upang itindig siya sa lupa; ngunit siya'y ayaw." Malimit kapag ang [860]
hatol ay ipinataw sa mga tao o sa mga bayan, ang pagpapakumbaba at pagsisisi ay nag- aalis sa parusa, at ang laging Mahabagin, na mabilis sa pagpapatawad, ay nagsusugo ng mga tagapagbalita ng kapayapaan. Pinasigla ng kaisipang ito, si David ay nagtiyaga sa kanyang pananalangin maligtas lamang ang kanyang anak. Nang malaman na iyon ay patay na, matahimik siyang sumang-ayon sa itinakda ng Dios. Ang unang palo ay nahulog sa parusang iyon na kanyang sinabi na matuwid; subalit si David, sa pagtitiwala sa kahabagan ng Dios, ay hindi nawalan ng aliw.

Lubhang marami, na bumabasa ng salaysay na ito ng pagkahulog ni David, ang nagtanong, "Bakit ginawang pangmadla ang talang ito? Bakit nakita ng Dios na angkop na buksan sa sanlibutan ang madilim na bahaging ito sa buhay ng isa na lubhang pinarangalan ng Langit?" Ang propeta, sa kanyang pagsansala kay David, ay nagpahayag tungkol sa kanyang kasalanan, "sa gawang ito'y iyong binigyan ng malaking pagkakataon ang mga kaaway ng Panginoon upang magsipanungayaw." Sa mga sumunod na mga henerasyon ang mga hindi sumasampalataya sa Dios ay tumutukoy sa likas na ito ni David, na may maitim na bahid na ito, at ipinapahayag sa kagalakan at panglilibak, "Ito ang lalaking ayon sa sariling puso ng Dios!" Kaya't isang kahihiyan ang naihatid sa relihiyon, ang Dios at ang Kanyang salita ay natutungayaw, ang mga kaluluwa ay napatibay sa hindi pananampalataya, at marami, na nakadamit ng kabanalan, ang naging matapang sa paggawa ng kasalanan.

Subalit ang kasaysayan ni David ay hindi nagbibigay ng pagsang-ayon sa kasalanan. Tinawag siyang isang lalaking ayon sa sariling puso ng Dios nang siya ay lumalakad ayon sa payo ng Dios. Sjoong siya ay magkasala, iyon ay naging hindi na totoo sa kanya hanggang

sa pamamagitan ng pagsisisi siya ay nanumbalik sa Panginoon. Malinaw na ipinapahayag ng salita ng Dios, "Ang bagay na ginawa ni David ay minasama ng Panginoon." 2 Samuel 11:27. At sinabi ng Panginoon kay David sa pamamagitan ng propeta, "Bakit nga iyong niwalang kabuluhan ang salita ng Panginoon, na iyong ginawa ang masama sa Kanyang paningin?...Ngayon nga'y ang tabak ay hindi hihiwalay kailan man sa iyong samhabayan; sapagkat iyong niwalan ng kabuluhan Ako." Bagaman pinagsisihan ni David ang kanyang kasalanan at napatawad at tinanggap ng Panginoon, inani
[861] niya ang masasamang bunga ng binhi na kanyang inihasik. Ang mga parusa sa kanya at sa kanyang sambahayan ay nagpapatotoo sa pagkasuklam ng Dios sa kasalanan.

Dati-rati ang awa at tulong ng Dios ay nagligtas kay David sa lahat ng pagpapanukala ng kanyang mga kaaway, at tuwirang ginamit upang pigilan si Saul. Subalit ang pagsalangsang ni David ay nagbago ng kanyang relasyon sa Dios. Hindi magagawa ng Panginoon sa anumang paraan ang sumang-ayon sa kasamaan. Hindi niya maaaring magamit ang Kanyang kapangyarihan upang ipagsanggalang si David mula sa mga bunga ng kanyang kasalanan tulad sa naging pagsanggalang Niya sa kanya mula sa galit ni Saul.

Si David ay nagkaroon ng malaking pagbabago sa kanyang sarili. Ang kanyang espiritu ay naging bagbag dahil sa pagkabatid sa kanyang kasalanan at sa malayong nararating ng mga bunga noon. Nadama niyang siya ay nanliliit sa paningin ng kanyang mga nasasakupan. Ang kanyang impluwensya ay humina. Hanggang ngayon ang kanyang kasaganahan ay ipinapalagay sa kanyang batid na pagiging masunurin sa mga utos ng Panginoon. Subalit ngayon ang kanyang mga sakop, na mayroong kaalaman tungkol sa kanyang kasalanan ay maaakay sa higit pang malayang paggawa ng kasalanan. Ang kanyang pamamahala sa sarili niyang sambahayan, ang kanyang karapatang igalang at sundin ng kanyang mga anak, ay nanghina. Ang pagkabatid sa kanyang kasalanan ay nagpapatahimik sa kanya sa panahong dapat sana ay kanyang hinahatulan ang kasalanan; pinapanghina noon ang kanyang kamay upang magsakatuparan ng katarungan sa kanyang sambahayan. Ang kanyang masamang halimbawa ay nagkaroon ng masamang impluwensya sa kanyang mga anak, at ang Dios ay hindi mamamagitan upang hadlangan ang bunga noon. Pahihintulutan Niya ang

mga bagay na maganap ayon sa likas na magaganap, at sa gano'ng paraan si David ay lubhang naparusahan.

Sa loob ng isang taon makalipas ang kanyang pagkahulog si David ay namuhay sa isang tila ligtas na kalagayan; walang panlabas na katibayan ng hindi pagkalugod ng Dios. Subalit ang hatol ng Dios ay ipinataw sa kanya. Mabilis at tiyak na may araw ng paghatol at pagsusulit na darating na hindi maaaring baguhin ng anumang pagsisisi, kalungkutan at kahihiyan na magpapadilim sa buong buhay niya sa lupa. Yaong, sa pamamagitan ng pagbibigay pansin sa halimbawa ni David, ay sinusubukang pahinain ang pagkadama sa [862] sarili nilang kasalanan, ay kinakailangan matuto mula sa mga tala ng Biblia na mahirap ang landas ng pagsalangsang. Bagaman tulad ni David sila ay tumalikod mula sa kanilang masamang gawa, ang mga bunga ng kasalanan maging sa buhay na ito, ay masusumpungang mapait at mahirap pasanin.

Layunin ng Dios na ang kasaysayan ng pagkahulog ni David ay magsilbing babala na maging yaong lubos Niyang pinagpala at kinaluguran ay hindi dapat makadama na ligtas at maging pabaya na sa pagpupuyat at pananalangin. Kaya't pinatutunayan noon sa may pagpapakumbaba na nagsikap matutunan ang liksyon na pinanukala ng Dios na ituro. Sa maraming mga henerasyon libu-libo ang sa gano'ng paraan ay naakay pang mabatid ang sarili nilang panganib sa kapangyarihan ng manunukso. Ang pagkahulog ni David, isa na lubhang pinarangalan ng Panginoon, ay pumukaw sa kanila ng hindi pagtitiwala sa sarili. Kanilang nadama na ang Dios lamang ang makapag-iingat sa kanila sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng pananampalataya. Batid na nasa Kanya ang kanilang lakas at kaligtasan, sila ay nangambang magsagawa ng unang hakbang sa paninindigan ni Satanas.

Bago pa man ipinataw ang hatol ng Dios laban kay David nagsimula na siyang umani ng bunga ng pagsalangsang. Ang kanyang konsensya ay hindi matahimik. Ang pagkabagabag ng espiritu na kanya noong tiniis ay ipinapahayag sa ikatatlumpu't dalawa ng Mga Awit. Wika niya:

"Mapalad siyang pinatawad ng pagsalangsang,
  na tinakpan ang kasalanan.
Mapalad ang tao na hindi

paratangan ng kasamaan ng Panginoon,
At walang pagdaraya ang diwa niya.
Nang ako'y tumahimik,
ay nanglumo ang aking mga buto
Dahil sa aking pag-angal buong araw.
Sapagkat araw at gabi ay
mabigay sa akin ang Iyong kamay:
Ang aking lamig ng katawan ay
naging katuyuan ng tag-init."

Mga Awit 32:1-4.

At ang ikalimampu't isang awit ay isang pagpapahayag ng pagsisisi ni David, nang ang pabalita ng pagsansala ay dumating sa kanya mula sa Dios:

"Maawa ka sa akin,
Oh Dios, ayon sa iyong kagandahang-loob:
[863] Ayon sa karamihan ng iyong
malumanay na kaawaan ay pinawi Mo
ang aking mga pagsalangsang.
Hugasan mo akong lubos sa aking kasamaan,
at linisin mo ako sa aking kasalanan.
Sapagkat kinikilala ko ang aking mga pagsalangsang:
at ang aking kasalanan ay laging nasa harap ko....
Linisin mo ako ng hisopo,
at ako'y magiging malinis:
hugasan mo ako at ako'y
magiging lalong maputi kaysa nieve.
Pagparinggan mo ako ng kagalakan at kasayahan;
Upang ang mga buto na Iyong binali ay mangagalak.
Ikubli Mo ang iyong mukha sa aking mga kasalanan,
At pawiin mo ang aking lahat na mga kasamaan.
Likhaan mo ako ng isang malinis na puso,Oh Dios;
At magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko.
Huwag mo akong paalisin sa Iyong harapan.
At huwag Mong bawiin ang Iyong Santong Espiritu sa akin.
Ibalik mo sa akin ang kagalakan ng Iyong pagliligtas;

At alalayan ako ng kusang Espiritu.
Kung magkagayo'y ituturo ko sa
mga mananalangsang ang Iyong mga lakad,
At ang mga makasalanan ay mangahihikayat sa Iyo.
Iligtas Mo ako sa salang pagbububo ng dugo,
Oh Dios, Ikaw na Dios ng aking kaligtasan
At ang aking dila ay aawit ng malakas
tungkol sa Iyong katuwiran."

Mga Awit 51:1-14.

Kaya't sa isang banal na awit na inaawit sa mga pangmadlang pagtitipon ng kanyang bayan, sa harap ng korte—mga saserdote at mga hukom, mga prinsipe at mga lalaking mandirigma—at mag- iingat hanggang sa kahuli-hulihang henerasyon na kaalaman tungkol sa kanyang pagkahulog, ay isinaysay ng hari ng Israel ang kanyang kasalanan, ang kanyang pagsisisi, at ang kanyang pag-asa na patatawarin sa pamamagitan ng kahabagan ng Dios. Sa halip na nagsikap na ikubli ang kanyang pagkakasala ninais niya na ang iba ay maturuan ng malungkot na kasaysayan ng kanyang pagkahulog.

Ang pagsisisi ni David ay taimtim at malalim. Walang ginawang pagsisikap upang pawalang halaga ang kanyang krimen. Walang pag- nanasang matakasan ang ibinantang mga kahatulan, ang kumilos sa kanyang panalangin. Subalit nakita niya ang kakilakilabot na kasamaan ng kanyang pagsalangsang laban sa Dios; nakita niya ang karumihan ng kanyang kaluluwa; pinandirihan niya ang kanyang kasalanan. Hindi lamang para sa kapatawaran ang kanyang panalangin, kundi para sa kadalisayan ng puso. Hindi ni David isinuko ang pakikipagpunyagi sa kawalan ng pag-asa. Sa mga pangako [864]
ng Dios sa nagsisising makasalanan nakita niya ang katibayan ng pagpapatawad at pagtanggap sa kanya.

"Sapagkat hindi ka nalulugod sa hain;
na kung dili ay bibigyan kita:
Wala kang kaluguran sa handog na susunugin.
Ang mga hain sa Dios ay bagbag na loob:

Isang bagbag at may pagsisising puso,
Oh Dios, ay hindi Mo wawalang kabuluhan."

Mga Awit 51:16, 17.

Bagaman si David ay nadapa siya ay ibinangon ng Panginoon. Siya ngayon ay higit pang katugma ng Dios at kaisa ng Kanyang kapwa kaysa noong bago siya nadapa. Sa kagalakan sa kanyang paglaya ay kanyang inawit:

"Aking kinilala ang aking kasalanan sa Iyo,
at ang aking kasamaan ay hindi ko ikinubli.
Aking sinabi, aking ipahahayag ang
aking pagsalangsang sa Panginoon;
At Iyong ipinatawad ang kasamaan ng aking kasalanan....
Ikaw ay aking kublihang dako;
Iyong iingatan ako sa kabagabagan;
Iyong kukulungin ako sa
palibot ng mga awit ng kaligtasan."

Mga Awit 32:5-7.

Marami ang nagrereklamo sa tinatawag nilang hindi pagka makatarungan ng Dios sa pagliligtas kay David, na ang kasalanan ay lubhang napakalaki, matapos itakwil si Saul para sa tila sa kanila ay higit na hayag na mga kasalanan. Subalit si David ay nagpakumbaba at nagpahayag ng kanyang kasalanan, samantalang si Saul ay tumanggi sa pagsansala at pinatigas ang kanyang puso sa hindi pagsisisi.

Ang yugtong ito sa kasaysayan ni David ay punong-puno ng kahulugan sa nagsisising makasalanan. Isa iyon sa pinaka makapangyarihang paglalarawan na ibinigay sa atin tungkol sa pakikipagpunyagi at mga tukso ng sangkatauhan, at ng dalisay na pagsisisi sa Dios at pagsampalataya sa Panginoong Jesu-Kristo. Sa lahat ng mga kapana- hunan iyon ay naging isang mapagkukunan ng pampasigla sa kalu- luwa na nang mahulog sa kasalanan, ay naghihirap sa pagpasan sa bigat ng kanilang pagkakasala. Libu-libo sa mga anak ng Dios na nabulid sa kasalanan, nang handang sumuko sa kawalan ng pag-asa ay umalala kung paanong ang taimtim na pagsisisi at

pagpapahayag ni David ay tinanggap ng Dios, bagaman siya ay [865]
nagdusa para sa kanyang mga pagsalangsang; at sila ay nagkaroon din ng lakas ng loob upang magsisi at pagsikapang muling lumakad sa landas ng mga utos ng Dios.

Sinuman sa ilalim ng pagsansala ng Dios ang magpapakumbabang kaluluwa na may pagpapahayag at pagsisisi, tulad ni David, ay maa- aring makatiyak na may pag-asa para sa kanya. Sinuman nga na sa pamamagitan ng pananampalataya ay tatanggap sa mga pangako ng Dios, ay makakasumpong ng kapatawaran. Hindi itatakwil ng Panginoon ang isang tunay na nagsisising kaluluwa. Ibinigay Niya ang pangakong ito: "O manghawak sana siya sa Aking lakas, upang siya'y makipagpayapaan sa Akin; Oo, makipagpayapaan siya sa Akin." Isaias 27:5. "Lisanin ng masama ang kanyang lakad, at ng liko ang kanyang mga pag-iisip; at manumbalik siya sa Panginoon, at kaa- waan Niya siya; at sa aming Dios, sapagkat Siya'y
magpapatawad na sagana." Isaias 55:7. [866]

# Kabanata 72—Ang Paghihimagsik ni Absalom

Ang kabanatang ito ay batay sa 2 Samuel 13 hanggang 19.

"Magsasauli siya ng apat," ang walang malay na hatol ni David sa kanyang sarili, sa pakikinig sa talinghaga ni Nathan; at sang-ayon sa sarili niyang hatol siya ay hahatulan. Apat sa kanyang mga anak ay kinakailangang mamatay, at ang pagkawala ng bawat isa ay magiging bunga ng kasalanan ng ama.

Ang kahiya-hiyang krimen ni Amnon, ang panganay na anak, ay pinalipas ni David na hindi pinaparusahan at pinapagalitan. Ang batas ay nagpapataw ng kamatayan sa pangangalunya, at ang hindi likas na krimen ni Amnon ay nagpapadoble pa sa kanyang pagkakasala. Subalit si David, dahil kinukundina ang sarili dahil sa sarili niyang kasalanan, ay hindi nagawang dalhin ang may sala sa paghatol. Sa loob ng dalawang taon si Absalom na, ang likas na tagapagsanggalang ng kapatid na babae na ginawan ng labis na kasamaan, ay inilihim ang kanyang panukala ng paghihigantd, upang maging tiyak ang paghampas sa huli. Sa isang piging ng mga anak ng hari ang lango, at may kasalanang si Amnon ay pinatay sa pag-uutos ng kanyang kapatid.

Dalawang kahatulan na ang sumapit kay David. Ang kakilakilabot na pahayag na pinarating sa kanya ay, "Pinatay ni Absalom ang lahat ng mga anak ng hari, at walang nalabi isa man sa kanila. Nang magkagayo'y bumangon ang hari at hinapak ang kanyang mga suot, at humiga sa lupa; at lahat niyang mga lingkod ay nakatayo sa palibot na hapak ang kanilang mga suot." Ang mga anak ng hari, nang bumalik na nababahala sa Jerusalem, ay nagpahayag ng katotohanan sa kanilang ama; si Amnon lamang ang napatay; at kanilang "inilakas ang kanilang mga tinig at nagsiiyak: at ang hari naman at ang lahat niyang mga lingkod ay nagsiiyak na mainam." Subalit si Absalom ay tumakas tungo kay Talmai, na hari ng Gessur, na ama ng kanyang ina.

Tulad ng ibang mga anak ni David, si Amnon ay napabayaan sa makasariling pagpapalayaw. Hinangad niyang bigyan ng kaluguran [867] ang bawat pahalagahan ng kanyang puso, na walang pagsasaalang-alang sa mga ipinag-uutos ng Dios. Sa kabila ng kanyang malaking kasalanan, siya ay matagal na tiniis ng Dios. Sa loob ng dalawang taon ay binigyan siya ng pagkakataon upang magsisi; subalit siya ay nagpatuloy sa kasalanan, at dahil sa kanyang pagkakasala, siya ay ibinuwal sa pamamagitan ng kamatayan, upang hintayin ang kakilakilabot na pagharap sa hukuman.

Napabayaan ni David ang tungkulin ng pagpaparusa sa krimen ni Amnon, at dahil sa pagiging hindi tapat ng hari at ama at sa kawalan ng pagsisi ng anak, pinahintulutan ng Panginoon na maganap na hindi nahahadlangan ang mga pangyayari, at hindi pinigilan si Absalom. Kapag kinaligtaan ng mga magulang o ng mga namumuno ang pagpaparusa sa kasalanan, ang Dios ang hahawak sa usaping iyon. Ang kapangyarihan niya na pumipigil sa mga kasangkapan ng kasamaan sa isang banda ay aalisin, upang ang isang hanay ng mga pangyayari ay bumangon na siyang magpaparusa sa kasalanan sa pamamagitan ng kasalanan.

Ang masasamang mga bunga ng hindi matuwid na pagpapalayaw ni David kay Amnon ay hindi pa tapos, sapagkat dito nagsisimula ang paglayo ni Absalom sa kanyang ama. Nang siya ay makatakas tungo sa Gessur, si David, sa pagkadama na ang krimen ng kanyang anak ay kinakailangang parusahan, ay pinagkaitan siya ng pahintulot na bumalik. At iyon ay nagkaroon ng hilig na madagdagan sa halip na mabawasan ang di malulutas na mga kasamaang kinasangkutan ng hari. Si Absalom, na masigla, ambisyoso, at walang prinsipyo, hinayaan sa labas sa kanyang pagiging desterado mula sa pakikilahok sa maraming mga bagay sa kaharian, di nagtagal ay naluluong sa mapanganib na mga pagpapanukala.

Nang makalipas ang dalawang taon ipinasya ni Joab na gawan ng paraan upang magkaroon ng muling pagkakasundo ang ama at ang kanyang anak. At sa layuning ito ay hiniling niya ang paglilingkod ng isang babae mula sa Tecoa, na kilala sa karunungan. Sa pag-uutos ni Joab, ang babae ay nagpakilala kay David na isang balo na ang dalawang anak na lalaki ang tangi na lamang niyang aliw at katulong. Sa kanilang pag-aaway napatay ng isa ang isa, at ngayon ang lahat ng mga kamag-anak ng pamilya ay humihiling na ang

natira ay lana- kailangang ipapatay sa tagapaghiganti. "Sa gayo'y," wika ng ina, "ganito nila papatayin ang aking baga na nalabi; at [868] walang iiwan sa aking asawa kahit pangalan o anomang labi sa balat ng lupa." Ang damdamin ng hari ay nakilos ng pangungusap na ito, at tiniyak niya ang babae sa pagsanggalang ng hari para sa kanyang anak.

Matapos makakuha sa kanya ng paulit-ulit na mga pangako para sa kaligtasan ng kabataang lalaki, siya ay nakiusap para sa kahinahunan ng hari, at ipinahayag na ang hari ay nagsalita na tila siya ang may sala, sapagkat hindi niya ipinabalik muli ang kanyang itinapon. "Sapagkat", wika niya, "tayo'y mamamatay na walang pagsala at gaya ng tubig na mabubuhos sa lupa, na hindi mapupulot uli; ni nag-aalis man ang Dios ng buhay, kundi humahanap ng paraan na Siya na itinapon ay huwag mamalagi na tapon sa Kanya." Ang may pag-ibig at nakakakilos na pagpapahayag ng pag-ibig ng Dios sa nagkasala—na nagmula gaya noon kay Joab, na malupit na kawal—ay isang kapansin- pansing katibayan ng pagkabihasa ng mga Israelita sa mga dakilang katotohanan ng pagtubos. Ang hari, na nakadarama ng sarili niyang pangangailangan ng habag, ay hindi makatanggi sa pangungusap na ito. Ang utos ay ibinigay kay Joab, "Yumaon ka nga, dalhin mo rito uli ang binatang si Absalom."

Si Absalom ay pinahintulutang bumalik sa Jerusalem, ngunit hindi nakita sa korte o nakipagtagpo sa kanyang ama. Si David ay nagsisimula nang makita ang masasamang mga epekto ng kanyang pagpapalayaw sa kanyang mga anak; at may pagkagiliw tulad ng pagmamahal niya sa may hitsura at likas na matalinong anak, nadama niyang kailangan, bilang isang liksyon kay Absalom at sa bayan, na ang pagkamuhi sa gano'ng krimen ay kinakailangang maipahayag. Si Absalom ay tumira sa kanyang sariling bahay sa loob ng dalawang taon, subalit itinaboy mula sa korte. Ang kanyang kapatid na babae ay kasama niya sa tirahan, at ang kanyang presensya ay nagpanatiling sariwa sa alaala sa hindi na maaayos na pagkakasala na kanyang dinanas. Sa kaisipan ng nakararami ang prinsipe ay isang bayani sa halip na isang may sala. At sa pagkakaroon ng kalamangang ito, iginayak niya ang kanyang sarili upang akitin ang puso ng bayan. Ang kanyang hitsura ay isa na kahuhulugan ng paghanga ng lahat ng nakakakita. "Sa buong Israel nga'y walang gaya ni Absalom na pinakakapuri dahil sa kagandahan: mula

sa talampakan ng kanyang paa hanggang sa tuktok ng kanyang ulo, ay walang ipipintas sa kanya." Hindi mabuti para sa isang hari na iwan ang isang lalaking tulad ni Absalom—na ambisyoso, rnapusok, at magagalitin—upang malungkot na pinakaiisip sa loob ng [869] dalawang taon ang inaaring mga hinanakit. At ang ginawa ni David na pagpapahintulot na siya'y makabalik sa Jerusalem, gano'n pa man ay tinatanggihang tanggapin siya sa kanyang presensya, ay umakit para sa kanya sa pakikiramay ng taong bayan.

Taglay ang alaala ng sarili niyang pagsalangsang sa kautusan ng Dios, si David ay tila naging paralisado sa moralidad; siya ay mahina at walang kapasyahan, samantalang bago siya nagkasala siya ay naging malakas ang loob at mayroong kapasyahan. Ang kanyang impluwensya sa taong bayan ay nanghina. At ang lahat ng ito ay naging kalugod- lugod para sa mga panukala ng kanyang balintunang anak.

Sa pamamagitan ng impluwensya ni Joab si Absalom ay muling tinanggap sa harap ng kanyang ama; subalit bagaman mayroong panlabas na pagkakasundo, ipinagpatuloy niya ang kanyang ambisyosong pagpapanukala. Siya ngayon ay nanunungkulan na halos isang hari, mayroong mga karo at mga kabayo, at limampung mga lalaki na tumatakbo sa harapan niya. At samantalang ang hari ay higit at higit na nagkakahilig sa pagpapahinga at sa katahimikan, may katusuhang inakit ni Absalom ang kaluguran ng nakararami.

Ang impluwensya ng kawalan ng sigla at kawalan ng matibay na pasya ay umabot sa kanyang mga nasasakupan; ang pagkapabaya at pagkaantala ang nakikita sa pagsasakatuparan ng katarungan. Mahusay na ginamit ni Absalom ang bawat sanhi ng hindi pagkasiya para sa sarili niyang ikalalamang. Araw-araw ang lalaking ito na may marangal na tindig ay maaaring makita sa pintuang daan ng lungsod, kung saan ang isang malaking grupo ng mga karaingan ay naghihintay upang ihayag ang mga sala sa kanila na nangangailangan ng pag- tutuwid. Si Absalom ay nakisalamuha sa kanila at nakinig sa kanilang mga karaingan, nagpapahayag ng kanyang pakikiramay sa kanilang mga paghihirap, sinisisi ang kawalan ng kakayanan ng pamahalaan. Matapos pakinggan ng gano'n ang salaysay ng isang lalaki ng Israel, ang prinsipe ay tumutugon, "Ang iyong usap ay mabuti at matuwid: ngunit walang kinatawan ang hari na duminig sa iyong usap;" na idinadagdag, "Oh maging hukom sana ako sa lupain,

upang ang bawat tao na may anumang usap, o anumang bagay, ay pumarito sa akin at siya'y aking magawan ng katuwiran! At nangyari na pagka ang sinoman ay lumalapit upang magbigay galang sa kanya, na kanyang iniuunat ang kanyang kamay at hinahawakan siya at
[870] hinahalikari siya."

Nasusulsulan ng mahusay na mga pagmumungkahi ng prinsipe, ang kawalan ng kasiyahan sa pamahalaan ay mabilis na lumaganap. Ang pagpuri kay Absalom ay nasa labi ng lahat. Siya ay itinuturing ng karamihan na siyang tagapagmana ng kaharian; ang taong bayan ay tumingin sa kanya na may pagmamalaki na angkop sa kanyang mataas na tindig, at isang pagnanasa ang napukaw na siya ay makaupo sa trono. "Sa gayo'y ginanyak ni Absalom ang mga kalooban ng mga tao ng Israel." Gano'n pa man ang hari, na binulag ng pagmamahal sa kanyang anak, ay hindi naghinala ng anuman. Ang makaharing kalagayan na pinanunungkulan ni Absalom, ay inisip ni David na may layuning maghatid ng karangalan sa kanyang korte—bilang pag- papahayag ng kagalakan sa naging muling pagkakasundo.

Samantalang ang pag-iisip ng taong bayan ay inihahanda para sa kung anong susunod, si Absalom ay palihim na pumili ng mga lalaki sa lahat ng mga lipi, upang magtulong-tulong sa mga hakbang para sa isang paghihimagsik. At ngayon ang balabal ng pagtatalaga sa relihiyon ay ginamit upang ikubli ang kanyang taksil na mga panukala. Isang panata na isinagawa matagal na ng siya ay isang tapon ay kinakailangang tuparin sa Hebron. Wika ni Absalom sa hari, "Isinasamo ko sa iyo na payaunin mo ako at ako'y tumupad ng aking panata na aking ipinanata sa Panginoon, sa Hebron. Sapagkat ang iyong lingkod ay nanata ng isang panata samantalang ako'y tumatahan sa Gesur sa Siria, na nagsabi, kung tunay na dadalhin uli ako ng Panginoon sa Jerusalem, maglilingkod nga ako sa Panginoon." Siya ay pinaalis na may pagpapalang nalulugod na ama, na naaliw ng katibayan ng kabanalan ng kanyang anak. Ang pagsasabwatan ay ganap ng hinog. Ang katindihan ng pagkukunwaring banal ni Absalom ay inihanda hindi lamang upang gawing bulag ang hari kundi upang itatag ang pagtitiwala ng taong bayan, at sa gano'ng paraan ay maakay sila sa paghihimagsik laban sa hari na pinili ng Dios.

Si Absalom ay nagtungo sa Hebron, at doon ay may sumama sa kanyang "dalawang daang lalaki na mga inanyayahan, at nangaparoon silang walang malay; at wala silang nalalamang anuman." Ang mga lalaking ito ay sumama kay Absalom, na hindi gaanong iniisip na ang kanilang pag-ibig para sa anak ay umaakay sa kanila tungo sa paghihimagsik laban sa ama. Nang makarating sa Hebron, kaagad ipinatawag ni Absalom si Achitophel, isa sa mga punong tagapayo ni David, isang lalaki na kinikilala dahil sa karunungan, na ang kaisipan ay ipinapalagay na ligtas at matalino tulad ng isang [871]
orakulo. Si Achitophel ay sumama sa mga nagsasabwatan, at ang kanyang suporta ay naging dahilan upang ang isinasagawa ni Absalom ay magmukhang tiyak na magtatagumpay, na umakit sa kanyang sagisag ng maraming may impluwensyang mga lalaki mula sa lahat na bahagi ng lupain. Nang ang pakakak ng paghihimagsik ay pinatunog, ang mga tiktik ng prinsipe sa buong lupain ay nagpalaganap ng pahayag na si Absalom ay hari, at marami sa mga tao ang natipon sa kanya.

Samantalang nagkakagayon ang babala ay pinarating sa Jerusalem, sa hari. Si David ay biglang napukaw, upang makita ang paghihimagsik na pumapailanglang sa piling ng kanyang trono. Ang sarili niyang anak—ang anak na kanyang minahal at pinagkatiwalaan—ay nagpa- panukalang agawin ang kanyang korona at tiyak upang kunin ang kanyang buhay. Sa kanyang malaking panganib pinagpag ni David ang kalumbayan na matagal nang nananahan sa kanya, at taglay ang espiritu ng kanyang naunang mga taon siya ay naghanda upang harapin ang kilabot na pangangailangang ito. Tinitipon ni Absalom ang kanyang puwersa sa Hebron, dalawampung milya lamang ang layo. Ang mga rebelde ay kaagad makakarating sa mga pintuang daan ng Jerusalem.

Mula sa kanyang palasyo si David ay tumingin sa labas sa kanyang kapitolyo—"maganda sa kataasan, ang kagalakan ng buong lupa,...bayan ng dakilang hari." Mga Awit 48:2. Nanginig siya sa kaisipan na iyon ay malalantad sa malaking paninira at pagkawasak. Siya ba ay tatawagan ng tulong sa kanyang mga sakop na tapat pa rin sa kanyang trono, at manatiling hawak ang kanyang kapitolyo? Ipa- hihintulot ba niyang ang Jerusalem ay pagbahaan ng dugo? Siya ay nagkaroon ng pasya. Ang mga panganib ng digmaan ay hindi kinakailangang mahulog sa piniling lungsod. Kanyang iiwan

ang Jerusalem, at kung magkagayon ay masusubok ang pagtatapat ng kanyang bayan, na binibigyan sila ng pagkakataon upang sama-samang tumulong sa kanya. Sa malaking krisis na ito tungkulin niya sa Dios at sa kanyang bayan ang panatilihin ang awtoridad na ibinigay sa kanya ng Langit. Ang usapin ng pakikipagbaka ay kanyang ipagkakatiwala sa Dios.

Sa pagpapakumbaba at kalungkutan si David ay lumabas sa pintuang daan ng Jerusalem—napaalis mula sa kanyang trono, mula sa kanyang palasyo, mula sa kaban ng Dios, dahil sa paghihimagsik
[872] ng kanyang iniibig na anak. Ang mga taong bayan ay sumunod na isang mahaba, at malungkot na prosisyon, tulad sa isang hanay na maglili- bing. Ang mga tanod ni David na mga Ceretheo, at mga Peletheo, at anim na raang mga Getheo na mula sa Gath, sa ilalim ng pamumu- no ni Ittai, ay sumama sa hari. Subalit si David, na likas na hindi makasarili, ay hindi makapayag na ang mga taga ibang lupa na mga ito na humiling ng kanyang pag-iingat ay makakasangkot pa sa kanyang sakuna. Siya ay nagpahayag ng pagtataka na sila ay maging handa upang gawin ang sakripisyong ito para sa kanya. Kaya't sinabi ng hari kay Ittai na Getheo, "Bakit pati ikaw ay sumasama sa amin? bumalik ka at tumahan kang kasama ng hari: sapagkat ikaw ay taga ibang lupa at tapon pa; bumalik ka sa iyong sariling dako. Yamang kahapon ka lamang dumating ay papagpapanhik-manaugin na ba kita sa araw na ito na kasama namin, dangang ako'y yumayaon kung saan maaari? bumalik ka, at ibalik mo ang iyong mga kapatid; kaa- waan at katotohanan nawa ang sumaiyo."

Si Ittai ay sumagot, "Buhay ang Panginoon, at buhay ang aking panginoon na hari, tunay na kung saan dumoon ang aking panginoon na hari, maging sa kamatayan o sa kabuhayan ay doroon naman ang iyong lingkod." Ang mga lalaking ito ay nahikayat mula sa paganismo tungo sa pagsamba kay Jehova, at may karangalan na kanila ngayong pinatunayan ang kanilang pagtatapat sa Dios at sa kanilang hari. Tinanggap ni David, na may pasalamat na puso, ang kanilang pagtatalaga sa kanyang tila lumulubog na kalagayan, at lahat ay tumawid sa batis ng Cedron sa landas tungo sa ilang.

Sa muli ang prusisyon ay tumigil. Isang grupo na mga nakasuot ng banal na kasuutan ay dumarating. "At, narito, pati si Sadoc at ang lahat na Levita na kasama niya, na may dala ng kaban ng tipan ng Dios." Ang tingin ng mga tagasunod ni David dito ay isang masayang

pahiwatig. Ang presensya ng banal na simbolong iyon para sa kanila ay isang panata ng kanilang pagkaligtas at pagtatagumpay sa wakas. Iyon ay makapagbibigay ng lakas ng loob sa mga tao upang sumama sa hari. Ang pagkawala noon sa Jerusalem ay maghahatid ng lagim sa mga tagasunod ni Absalom.

Nang makita ang kaban, kagalakan at pag-asa sa isang maikling sandali ang nagpasigla sa puso ni David. Subalit pagdaka iba pang mga kaisipan ang sumapit sa kanya. Bilang itinalagang pinuno ng
mana ng Dios siya ay may solemneng responsibilidad. Hindi pansar- [873]
iling kapakanan, kundi ang kaluwalhatian ng Dios at ang kabutihan [874]
ng kanyang bayan, ang kinakailangang maging pinaka tampok sa
pag-iisip ng hari ng Israel. Ang Dios, na nanahan sa pagitan ng mga [875]
kerubin ay nagsabi tungkol sa Jerusalem, "Ito'y Aking pahingahang dako" (Mga Awit 132:14); at kung walang kapahintulutan ng Dios maging saserdote o hari man ay walang karapatan na alisin mula doon ang simbulo ng Kanyang pakikiharap. At alam ni David na ang kanyang puso at buhay ay kinakailangang maging katugma ng mga utos ng Dios, at kung hindi ang kaban ay magiging sanhi ng sakuna sa halip na pagtatagumpay. Ang kanyang malaking kasalanan ay palagi pa ring nasa harapan niya. Nababatid niya sa pagsasabwatang ito ang matuwid na kahatulan ng Dios. Ang tabak na hindi hihiwalay sa kanyang sambahayan ay wala nang sisidlan. Hindi niya alam kung ano ang ibubunga ng labanan. Hindi ukol sa kanya ang pag-aalis ng mga banal na mga kautusan na naglalaman ng kalooban ng kanilang Dios na Hari, mula sa kapitolyo ng bansa na siyang konstitusyon ng kaharian at pundasyon ng pag-unlad niyaon.

Ipinag-utos niya kay Sadoc, "Ibalik mo ang kaban ng Dios sa bayan: Kung ako'y makakasumpong ng biyaya sa mga mata ng Panginoon, Kanyang ibabalik ako at ipakikita sa akin ang kaban at gayon din ang Kanyang tahanan: ngunit kung sabihin Niyang ganito, Hindi kita kinalulugdan; narito, Ako'y nandito, gawin Niya; sa akin ang inaakala Niyang mabuti."

Idinagdag ni David, "Hindi ka ba tagakita?"—isang lalaki na pinili ng Dios upang magturo sa mga tao. "Bumalik kang payapa sa bayan, at ang iyong dalawang anak na kasama ninyo, si Ahimaaz na iyong anak, at si Jonathan na anak ni Abiathar. Tingnan mo, ako'y maghihintay sa mga tawiran sa ilang, hanggang sa may dumating na salita na mula sa inyo na magpatotoo sa akin." Doon sa lungsod ang

mga saserdote ay maaaring makagawa ng mabuting paglilingkod sa kanya sa pamamagitan ng pag-alam sa mga kilos at mga panukala ng mga rebelde, at lihim na maipapaalam iyon sa hari sa pamamagitan ng kanilang mga anak, na si Ahimaaz at si Jonathan.

Samantalang ang mga saserdote ay bumabalik tungo sa Jerusalem isang higit na malalim ng anino ang napasa umaalis na grupo. Ang kanilang hari ay isang pugante, at sila'y mga tapon, pinabayaan maging ng kaban ng Dios—ang hinaharap ay madilim na may malaking takot at babala. "At umahon si David sa ahunan
[876] sa bundok ng mga olibo, at umiiyak habang siya'y umaahon; at ang kanyang ulo ay may takip, at lumalakad siya na walang suot ang paa; at ang buong bayan na kasama niya ay may takip ang ulo ng bawat isa, at sila'y nagsisiahon, na nagsisiiyak habang sila'y nagsisiahon. At isinaysay ng isa kay David na sinasabi, si Achitopel ay nasa nanganghihimagsik na kasama ni Absalom." Minsan pa si David ay napilitang mabatid sa kanyang mga sakuna ang mga bunga ng sarili niyang kasalanan. Ang pagtalikod ni Achitophel, na pinakamahusay at pinakamarunong sa mga pinuno sa politiko, ay kinilos ng paghihiganti sa malaking sala ng nagawa sa sambahayan na kasangkot sa kasamaang ginawa kay Bathsheba, na kanyang apo.

"At sinabi ni David, Oh Panginoon, isinasamo ko sa Iyo, na Iyong gawing kamangmangan ang payo ni Achitophel." Nang makarating sa tuktok ng bundok, ang hari ay yumuko sa panalangin, na inilalagak sa Dios ang pasanin ng kanyang kaluluwa at may pagpapakumbabang humiling ng kahabagan ng Dios. Ang kanyang dalangin ay tila kaagad nasagot. Si Husai na Arachita, na isang matalino at mahusay na tagapayo, na isang tapat na kaibigan ni David, ngayon ay dumating kay David na hapak ang kanyang mga damit at may lupa sa kanyang ulo, upang ihanay ang kanyang mga kapalaran sa napaalis sa trono at puganteng hari. Nakita ni David, na tulad sa isang pagpapahayag ng Dios, na ang lalaking ito, na tapat at matuwid ang puso, ang isang kailangan upang maglingkod para sa ikabubuti ng hari sa mga konsilyo sa kapitolyo. Sa kahilingan ni David si Husai ay bumalik sa Jerusalem upang ipagkaloob ang kanyang mga paglilingkod kay Absalom at talunin ang tusong payo ni Achitophel.

Sa maliit na sinag na ito ng liwanag sa kadiliman, ang hari at ang kanyang mga tagasunod ay nagpatuloy sa kanilang landas pababa sa

silangang bahagi ng bundok ng mga Olibo, dumaan sa isang mabato at masukal na ilang, dumaan sa mga saluysoy, at sa mga mabato at mabanging mga landas, tungo sa Jordan. "At nang dumarating ang hari sa Bahurim, narito, lumalabas na mula roo'y isang lalaki sa angkan ng sambahayan ni Saul, na ang pangala'y Semei, na anak ni Gera: siya'y lumalabas, nanunumpa habang siya'y lumalabas. At kanyang hinagisan ng mga bato si David, at ang lahat ng lingkod ng haring si David: at ang buong bayan, at ang lahat na malalakas na lalaki ay nasa kanyang kanan, at sa kanyang kaliwa. At ganito ang sinabi ni Semei nang siya'y nanunumpa, lumayas ka, lumayas ka, [877] ikaw na lalaking mabagsik, at hamak na lalaki: Ibinalik sa iyo ng Panginoon ang buong dugo ng sambahayan ni Saul na siya mong hinalinhan ng pagkahari; at ibinigay ng Panginoon ang kaharian sa kamay ni Absalom na iyong anak: at, narito, ikaw ay nasa iyong sariling kasamaan, sapagkat ikaw ay lalaking mabagsik."

Noong panahon ng pag-unlad ni David si Semei ay hindi nagpakita sa pamamagitan ng pananalita o ng kilos na siya ay isang hindi tapat na sakop. Subalit sa kapighatian ng hari ipinahayag ng Benjamitang ito ang tunay niyang pagkatao. Pinarangalan niya si David sa kanyang trono, subalit kanyang sinumpa sa kanyang kahihiyan. Hamak at makasarili, ang tingin niya sa iba ay tulad rin sa pagkatao ng kanyang sarili, at, inudyukan ni Satanas, ibinunton niya ang kanyang galit sa kanya na pinarusahan ng Dios. Ang espiritu na umaakay sa tao upang mangtuya, upang manglait o manakit, sa isa na naghihirap ay ang espiritu ni Satanas.

Ang akusasyon ni Semei laban kay David ay pawang hindi totoo isang walang batayan at nakapopoot na paninirang puri. Si David ay walang ginawang kasalanan kay Saul o sa kanyang sambahayan. Nang si Saul ay lubos na nasa ilalim ng kanyang kapangyarihan, at sana'y napatay na niya siya, kanya lamang pinirasuhan ang laylayan ng kanyang damit, at sinisi pa niya ang kanyang sarili sa pagpapakita ng ganong kawalan ng paggalang sa pinahiran ng Panginoon.

Tungkol sa banal na pagtingin ni David sa buhay ng tao, kapansin- pansing katibayan ang ibinigay, maging nang siya ay inuusig na parang isang hayop na maninila. Isang araw samantalang siya'y nagtatago sa yungib ng Adullam, na ang kanyang mga pag-iisip ay bumabalik sa hindi ginugulong kalayaan ng kanyang buhay bata, ang tapon ay nagpahayag, "Oh may magbigay sana sa akin ng tubig

sa balon ng Bethlehem, na nasa tabi ng pintuang bayan!" 2 Samuel 23:13-17. Ang Bethlehem noon ay nasa kamay ng mga Filisteo; subalit tatlo sa makapangyarihang mga lalaki ni David ay nakalampas sa mga bantay, at naghatid ng tubig ng Bethlehem sa kanilang panginoon. Hindi ni David mainom iyon. "Malayo sa akin," sigaw niya, "iinumin ko ba ang dugo ng mga lalaki na nagsiparoon na ipain ang kanilang buhay?" At magalang niyang ibinubo ang tubig bilang isang handog sa Dios. Si David ay naging isang mandirigma, ang malaking bahagi ng kanyang buhay ay ginugol sa kalagitnaan ng mga tagpo ng karahasan; subalit sa lahat ng dumaan sa gano'ng
[878] uri ng pagsubok, tunay na kakaunti ang hindi naaapektuhan ng nakapagpapatigas at nakakademoralisang impluwensya tulad ni David.

Ang pamangkin ni David, na si Abisai, isa sa pinakamatapang sa kanyang mga kapitan, ay hindi makapakinig na may pagtitimpi sa nakapang-iinsultong mga salita ni Semei. "Bakit," wika niya, "susumpain nitong asong patay ang aking panginoon na hari? payaunin mo ako, isinasamo ko sa iyo, at pugutin ang kanyang ulo." Subalit binawalan siya ng hari. "Narito," wika niya, "ang anak ko...siyang humahanap ng aking buhay: gaano pa nga kaya ang gagawin ngayon ng Benjamitang ito? bayaan ninyo siya at manumpa siya: sapagkat iniutos ng Panginoon sa kanya. Marahil ay titingnan ng Panginoon ang kasamaang ginagawa sa akin, at gagawan ako ng mabuti ng Panginoon sa sumpa niya sa akin sa araw na ito."

Ang konsensya ay nagpapahayag ng mapait at nakahihiyang mga katotohanan kay David. Samantalang ang kanyang mga tapat na sakop ay nagtataka sa kanyang biglaang pagbabago ng kapalaran, iyon ay hindi mahiwaga para sa hari. Malimit na siyang nagkaroon ng pag-aagam-agam para sa oras na tulad nito. Nagtaka siya kung bakit matagal na tiniis ng Dios ang kanyang mga kasalanan, at ipinagpaliban ang nararapat na kaparusahan, at ngayon sa kanyang nagmamadali at malungkot na pagtakas, na ang kanyang mga paa ay walang sapin, at ang kanyang kasuutang panghari ay pinalitan ng damit na magaspang, at ang mga panaghoy ng kanyang mga tagasunod ay pumupukaw ng mga alingawngaw sa mga burol, inalala niya ang kanyang minamahal na kapitolyo—ang lugar na pinapangyarihan ng kanyang kasalanan—at samantalang kanyang inaalaala ang kabutihan at pagkamatiisin ng Dios, hindi siya lubos na nawalan

ng pag-asa. Nadama niya na ang Panginoon ay makikitungo pa rin sa kanya sa kahabagan.

Maraming gumagawa ng kasalanan ang pinalalampas ang sarili nilang kasalanan sa pamamagitan ng pagbanggit sa pagkahulog ni David, subalit kay unti ng nagpapahayag ng tulad sa pagsisisi at pagpapakumbaba ni David. Kay unti noong tumatanggap ng pagsansala at pagpaparusa na may pagtitiis at katatagan ng loob na kanyang ipinahayag. Kanyang ipinahayag ang kanyang kasalanan, at sa loob ng mga taon ay sinikap na gampanan ang kanyang tungkulin bilang isang tapat na lingkod ng Dios; siya ay naglingkod para sa ikatatatag ng kanyang kaharian, at sa ilalim ng kanyang pamumuno [879]
iyon ay naging malakas at maunlad na kailan man ay hindi pa naging gano'n. Nakapagtipon siya ng mayayamang mga kasangkapan para sa pagtatayo ng bahay ng Dios, at ngayon ang lahat ba ng pagpapagal ng kanyang buhay ay kailangang maalis? Ang mga bunga ba ng mga taon ng natatalagang paggawa, ang mga gawa ng kanyang katalinuhan at pagtatalaga at pagkapinuno, ay mapapasa mga kamay ng kanyang walang pag-iingat at traydor na anak, na walang pagpapahalaga sa karangalan ng Dios ni sa ikauunlad ng Israel? Kay dali sanang naging likas lamang para kay David ang magreklamo laban sa Dios sa malaking kapighatiang ito!

Subalit nakita niya sa sarili niyang kasalanan ang sanhi ng kanyang kaguluhan. Ang pananalita ng propetang si Mikas ang huminga sa espiritung nagpasigla sa puso ni David. "Pagka ako'y naupo sa kadiliman, ang Panginoo'y magiging ilaw sa akin. Aking babatahin ang kagalitan ng Panginoon, sapagkat ako'y nagkasala laban sa kanya, hanggang sa kanyang ipagsanggalang ang aking usap, at lapatan ako ng kahatulan." Mikas 7:8, 9. At hindi ng Panginoon pinabayaan si David. Ang kabanatang ito sa kanyang karanasan, na, sa ilalim ng pinakamalupit na kasamaan at pang-iinsulto, ipinakita niyang siya ay mapagpakumbaba, hindi makasarili, may magandang kalooban, at nagpapasakop, ay isa sa pinakamarangal sa kanyang buong karanasan. Di pa kailan man ang hari ng Israel naging higit na tunay na dakila sa paningin ng langit kaysa oras na ito ng kanyang pinakamala- lim na kahihiyang panglabas.

Kung pinahintulutan ng Dios si David na hindi nasusumbatan sa kasalanan, at samantalang sinasalangsang ang mga utos ng Dios, ay nananatili sa kapayapaan at pag-unlad sa kanyang trono, ang

taong mapag-alinlangan at ang taong hindi naniniwala sa Dios ay maaaring magkaroon ng ilang dahilan sa pagbanggit sa karanasan ni David bilang isang sumbat sa relihiyon ng Biblia. Subalit sa karanasan na ipinahintulot nilang danasin ni David, ipinakita ng Panginoon na hindi Niya matitiis o mapapalampas ang kasalanan. At ang kasaysayan ni David ay tumutulong sa atin upang makita rin ang mga dakilang kawakasan na natatanaw ng Dios sa Kanyang pakikitungo sa kasalanan; tinutulungan tayong matuntun, maging sa pinakamadilim na mga kahatulan, ang pagsasakatuparan ng Kanyang mga layunin ng kaawaan at kabutihan. Pinapangyari Niyang dumaan si David sa ilalim ng pamalo, subalit hindi Niya siya pinatay; ang
[880] humo ay upang dumalisay, hindi upang tumupok. Wika ng Panginoon, "kung kanilang salangsangin ang mga palatuntunan Ko, at hindi ingatan ang mga utos Ko; kung magkagayo'y dadalawin ng pamalo ang kanilang mga pagsalangsang, at ng mga hampas ang kanilang kasamaan. Ngunit ang Aking kagandahang loob ay hindi Ko lubos na aalisin sa kanya, ni Akin mang titiisin na ang pagtatapat Ko'y magkulang." Mga Awit 89:31-33.

Pagdaka ng ang Jerusalem ay iwan ni David, si Absalom at ang kanyang hukbo ay pumasok, at wala ni isang paghihirap ay sinamsam ang matibay na moog ng Israel. Si Husai ay kabilang sa mga unang bumati sa bagong kinoronahang hari, at ang prinsipe ay gulat at nagpasalamat sa pagkakadagdag ng matandang kaibigan at tagapayo ng kanyang ama. Si Absalom ay nakatitiyak sa tagumpay. Hanggang sa mga sandaling ito ang kanyang mga panukala ay nagtagumpay, at sabik na mapalakas ang kanyang trono at makuha ang pagtitiwala ng bayan, tinanggap niya si Husai sa kanyang korte.

Si Absalom ngayon ay mayroon nang nakapalibot na isang malaking puwersa, subalit iyon ay binubuo ng nakararaming mga lalaki na hindi bihasa sa pakikipagbaka. Hindi pa man sila nakakaharap sa pakikipagbaka. Alam na alam ni Achitophel na ang kalagayan ni David ay sa malayo pa sa kawalan ng pag-asa. Isang malaking bahagi ng bayan ay tapat pa rin sa kanya; siya ay mayroong sulok na mga mandirigma, na tapat sa kanilang hari, at ang kanyang hukbo ay pinamumunuan ng bihasang mga heneral. Alam ni Achitophel na makalipas ang unang bugso ng kasiglahan na kalugod-lugod sa bagong hari, isang ganti ang darating. Kung ang panghihimagsik ay mabigo, si Absalom ay maaaring muling magka-

roon ng pakikipagkasundo sa kanyang ama; kung magkagayon si Achitophel, bilang kanyang pangunahing tagapayo, ang ituturing na may pinakamalaking kasalanan sa paghihimagsik; sa kanya ipapataw ang pinakamabigat na parusa: Upang hadlangan ang panunumbalik ni Absalom, siya ay pinayuhan ni Achitophel ng isang gawa na sa paningin ng buong bayan ay magiging imposible ang muling pagkakasundo. May katusuhan ng demonyo ang matalino at walang prinsipyong politikong ito ay nanghimok kay Absalom na dagdagan ng malaswang krimen ang panghihimagsik. Sa paningin ng buong Israel ay kanyang sisipingan ang mga kabit ng kanyang ama, ayon sa kaugalian ng mga bansa sa silangan, na sa gano'ng paraan ay ipinapahayag na siya ay humalili sa trono ng kanyang ama. At [881]
isinakatuparan ni Absalom ang maraming mungkahi. Sa gano'ng paraan ay natupad ang sinalita ng Dios kay David sa pamamagitan ng propeta na, "Narito, ako'y magtitindig ng kasamaan laban sa iyo na mula sa iyong sariling sambahayan, at aking kukunin ang iyong mga asawa sa harap ng iyong mga mata, at aking ipagbibigay sa iyong kapwa.... Sapagkat iyong ginawa na lihim: ngunit Aking gagawin ang bagay na ito sa harap ng buong Israel, at sa harap ng araw." 2 Samuel 12:11, 12. Hindi ang Dios ang nag-udyok sa mga gawang ito ng kasamaan, kundi dahil sa kasalanan ni David hindi Niya ginamit ang Kanyang kapangyarihan upang hadlangan ang mga iyon.

Mataas ang naging pagtingin kay Achitophel dahil sa kanyang karanungan, subalit siya ay kulang sa liwanag na nagmumula sa Dios. "Ang pagkatakot sa Dios ang pasimula ng karunungan" (Kawikaan 9:10); at ang bagay na ito, ay wala kay Achitophel, kung di gayon ay hindi niya isasalalay ang tagumpay ng katraydoran sa malaswang krimen. Ang mga lalaking may maraming puso ay nagpapanukala ng kasamaan, na tila walang higit na makapangyarihang awa at tulong ng Dios na sisira sa kanilang mga panukala; subalit "Siyang nauupo sa kalangitan ay tatawa: ilalagay sila ng Panginoon sa kakutyaan." Mga Awit 2:4. Ang Panginoon ay nagpapahayag: "Ayaw nila sa Aking payo: kanilang hinamak ang buo Kong pagsaway: kaya't sila'y magsisikain ng bunga ng kanilang sariling lakad, at mabubusog ng kanilang sariling mga kagagawan. Sapagkat papatayin sila ng pagtalikod ng musmos, at ang pagkawalang balisa ng mga mangmang ay ang sisira sa kanila." Kawikaan 1:30-32.

Nang makapagtagumpay sa panukala para sa sarili niyang kaligtasan, iginiit ni Achitophel ang pangangailangan ng madaliang pagkilos laban kay David. "Papiliin mo ako ng labing dalawang libong lalaki, at ako'y titindig at aking hahabulin si David sa gabing ito; at ako'y darating sa kanya samantalang siya'y pagod at may mahinang kamay, at akin siyang tatakutin: at ang buong bayan na nasa kanya ay tatakas; at ang hari lamang ang aking sasaktan: at aking ibabalik sa iyo ang buong bayan" Ang panukalang ito ay sinang-ayunan ng mga tagapayo ng hari. Kung iyon ay nasunod, tiyak sanang napatay si David, kung hindi tuwirang mamamagitan ang Panginoon upang iligtas siya. Subalit isang karunungan na higit kaysa nasa kilalang si Achitophel ang nangunguna sa mga pangyayari. "Ipinasya ng
[882] Panginoon na masansala ang mabuting payo ni Achitophel, upang dalhin ng Panginoon ang kasamaan kay Absalom."

Si Husai ay hindi tinawag sa konsilyo, at hindi niya gagawing pumasok doon na hindi hinihilingan, baka magkaroon ng paghihinala laban sa kanya na siya'y isang tiktik; subalit nang ang mga nagpulong ay pauwiin, si Absalom, na may mataas na pagtingin sa kapasyahan ng tagapayo ng kanyang ama ay ipinaalam sa kanya ang panukala ni Achitophel. Nakita ni Husai na kung ang iniharap na panukala ay masusunod si David ay maaaring mawala. At kanyang sinabi, "Ang payo na ibinigay ni Achitophel ngayon ay hindi mabuti. Sinabi ni Husai bukod sa rito, Iyong kilala ang iyong ama at ang kanyang mga lalaki, na sila'y nagngitngit sa kanilang mga pag-iisip na gaya ng isang oso na ninakawan sa parang ng kanyang mga anak: at ang iyong ama ay lalaking mandirigma, at hindi tatahan na kasama ng bayan. Narito, siya'y nagkukubli ngayon sa isang hukay o sa ibang dako;" idinahilan niya na, kung ang mga puwersa ni Absalom ay hahabol kay David, hindi nila mahuhuli ang hari; at kung sila ang matalo, iyon ay magpapahina ng kanilang loob at gagawa ng malaking pinsala sa ikabubuti ni Absalom. "Sapagkat," wika niya, "kilala ng buong Israel na ang iyong ama ay makapangyarihang lalaki, at sila na nasa kanya ay matatapang na lalaki." At siya ay nagmungkahi ng isang panukalang kaakit-akit sa isang mapagmalaki at makasariling likas kinalulugurang ang pagpapakita ng kapangyarihan: "Aking ipina- payo na ang buong Israel ay mapisan sa iyo, mula sa Dan hanggang sa Beer-seba, na gaya ng buhangin na nasa tabi ng dagat ang dami; at ikaw ay pumaroon sa pagbabaka ng iyong

sariling pagkatao. Sa gayo'y aabutin natin siya sa ibang dako na kasusumpungan natin sa kanya, at tayo'y babagsak sa kanya na gaya ng hamog na lumalagpak sa lupa: at sa kanya at sa lahat ng mga lalaki na nasa kanya ay hindi tayo mag- iiwan kahit isa. Bukod dito, kung siya'y umurong sa isang bayan, ang buong Israel ay magdadala ng mga lubid sa bayang yaon, at ating babatakin sa ilog, hanggang sa walang masumpungan doon na kahit isang maliit na bato."

"At si Absalom at ang lahat na lalaki ng Israel ay nagsipagsabi, Ang payo ni Husai ni Arachita ay lalong mabuti kaysa payo ni Achitophel." Subalit mayroong isa na hindi nalinlang—isa na malinaw na nakikita ang magiging bunga ng nakamamatay na pagkakamaling ito ni Absalom. Alam ni Achitophel na ang makabubuti para sa mga rebelde ay natalo na. At alam niya na anuman ang maging ka- [883]
palaran ng prinsipe, walang pag-asa ang tagapayo na nagmungkahi ng pinakamalaking mga krimen. Si Achitophel ang humimok kay Absalom upang maghimagsik; pinayuhan niya siya ng pinaka kasuklam-suklam na kasamaan, upang malapastangan ang kanyang ama; ipinayo niya ang pagpatay kay David at nagpanukala ng pagsasakatuparan noon; pinutol na niya ang pinakahuling posibilidad sa sarili niyang muling pakikipagkasundo sa hari; at ngayon may isang higit na pinahalagahan kaysa kanya, at sa pamamagitan pa ni Absalom. Naninibugho, galit, at walang pag-asa, si Achitophel ay "umuwi siya sa bahay, sa kanyang bayan at kanyang inayos ang kanyang bahay, at nagbigti, at siya'y namatay." Gano'n ang bunga ng isipan ng isa, na, dahil sa lahat ng mga kaloob sa kanya, ay hindi niya ginawang tagapayo ang Dios. Inaakit ni Satanas ang mga lalaki sa pamamagitan ng nakalilinlang na mga pangako, subalit sa huli ay masusumpungan ng bawat kaluluwa, na "ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan." Roma 6:23.

Si Husai, dahil hindi nakatitiyak na ang kanyang payo ay susundin ng hari na pabago-bago ang isip, ay hindi nag-aksaya ng panahon sa pagbibigay ng babala kay David upang tumakas sa kabila ng Jordan kaagad. Sa mga saserdote na magpaparating noon sa pamamagitan ng kanilang mga anak, ay pinarating ni Husai ang pahayag: "Ganito't ganito ang ipinayo ni Achitophel kay Absalom at sa mga matanda sa Israel; at ganito't ganito ang aking ipinayo. Ngayon nga...huwag kang tumigil ng gabing ito sa mga tawiran sa

ilang, kundi sa anumang paraan ay tumawid ka: baka ang hari ay mapatay at ang buong bayan na nasa kanya."

Ang mga kabataang lalaki ay pinaghinalaan at hinabol, gano'n pa man sila ay nagtagumpay sa pagsasakatuparan sa kanilang mapanganib na misyon. Si David, nanghihina dahil sa pagod at lungkot makalipas ang unang araw ng paglikas, ay tumanggap sa pahayag na kinakailangang siya ay tumawid ng Jordan nang gabing iyon, sapagkat nais kitilin ng kanyang anak ang kanyang buhay.

Anu-ano ang nadarama ng ama at hari, na ginagawan ng gano'ng kasamaan, sa kilabot na panganib na ito? "Makapangyarihang lalaki na may tapang," isang mandirigma, isang hari, na ang salita ay batas, pinagtaksilan ng kanyang anak na kanyang minahal at binigyang layaw at pinagkatiwalaan sa maling paraan, ginawan ng sala at
[884] iniwan ng mga sakop na kalakip niya sa pinakamatibay na tali ng karangalan at pagtatapat—sa anong mga pananalita ibinuhos ni David ang dam- damin ng kanyang kaluluwa? Sa oras ng kanyang pinakamadilim na pagsubok ang puso ni David ay nanatili sa Dios, at kanyang inawit:

"Panginoon, ano't ang aking mga kaaway ay nagsisidami!
    Marami sila na nagsisibangon laban sa akin.
Marami ang nagsasabi sa aking kaluluwa,
    Walang tulong sa kanya ang Dios.
Ngunit ikaw, Oh Panginoon, ay isang kalasag sa palibot ko;
    Aking kaluwalhatian, at siyang tagapagtaas ng aking ulo.
Ako'y dumadaing ng aking tinig sa Panginoon,
    At sinasagot Niya ako mula sa Kanyang banal na bundok.
Ako'y nahiga, at natulog;
    Ako'y nagising; sapagkat inalalayan ako ng Panginoon.
Ako'y hindi matatakot sa sampung libo ng bayan,.
    Na nagsihanda laban sa akin sa buong palibot....
Pagliligtas ay ukol sa Panginoon:
    Sumaiyong bayan nawa ang Iyong pagpapala."

Mga Awit 3:1-8.

Si David at ang lahat niyang mga kasama—mga mandirigma at ang opisyal ng bayan, matatanda at mga kabataan, mga babae at

maliliit na mga bata—sa kadiliman ng gabi ay tumawid sa malalim at mabilis na agos ng ilog. "Sa pagbubukang liwayway ay walang naiwan kahit isa sa kanila na hindi tumawid sa Jordan."

Si David at ang kanyang puwersa ay umurong tungo sa Mahanaim, na naging makaharing tirahan ni Isboseth. Ito ay isang matibay na nakukutaang lungsod, na napapalibutan ng bulubunduking mga lugar na angkop na pahingahan sa panahon ng digmaan. Ang lupain ay may sapat na makakain, at ang mga tao ay palakaibigan sa makabubuti kay David. Dito maraming tagasunod ang sumama sa kanya, samantalang ang mga mayayamang naninirahan doon ay naghahatid ng mayamang mga kaloob na mga pagkain, at iba pang mga bagay na kailangan.

Ang payo ni Husai ay nagtagumpay sa kanyang layunin, na nagbigay kay David ng pagkakataon upang makatakas; subalit ang padalus- dalos at mapusok na prinsipe ay hindi na mapipigilan pa ng matagal, at pagdaka ay humayo siya upang usigin ang kanyang ama. "At si Absalom ay tumawid sa Jordan, siya at ang lahat na lalaki ng Israel na kasama niya." Si Amasa, na anak na lalaki ng kapatid na babae ni David na si Abigail, ay ginawa ni Absalom na punong kawal ng kanyang mga puwersa. Ang kanyang hukbo ay malaki, [885] subalit iyon ay walang disiplina at hindi handa upang lumaban sa mga subok na mga kawal ng kanyang ama.

Binabahagi ni David ang kanyang puwersa sa tatlong batalyon sa ilalim ng pamumuno ni Joab, ni Abisai, at ni Ittai na Getheo. Balak niya na pangunahan ang hukbo sa parang; subalit mahigpit na tinutulan ito ng mga opisyal ng hukbo, at ng mga tagapayo, at ng bayan. "Huwag kang lalabas," wika nila: "sapagkat kung kami man ay tumakas, ay hindi nila kami aalumanahin, o kung ang kalahati man namin ay mamatay, ay hindi nila kami aalumanahin: ngunit ikaw ay may halagang sampung libo sa amin: kaya't ngayo'y lalong maigi na ikaw ay maghanda na iyong saklolohan kami mula sa bayan. At sinabi ng hari sa kanila, kung ano ang inaakala ninyong mabuti ay aking gagawin." 2 Samuel 18:3, 4.

Mula sa mga pader ng lungsod ang mahabang mga hanay ng hukbo ng mga rebelde ay lubos na natatanaw. Ang mang-aagaw ay sinamahan ng isang malaking hukbo, na kumpara doon ang puwersa ni David ay pawang kaunti lamang. Subalit samantalang ang hari ay nakatingin sa magkalabang mga puwersa, ang kaisi-

pan na pina- katampok sa kanyang isip ay hindi ang korona at ang kaharian, ni ang kanyang sariling buhay, na pinaka kabayaran ng digmaan. Ang puso ng ama ay puno ng pag-ibig at habag sa kanyang nanghihimagsik na anak. Samantalang ang hukbo ay nakahanay na lumalabas sa pintuang daan pinasigla ni David ang kanyang tapat na mga kawal, sinasabi sa kanila na humayo na nagtitiwala na ang tagumpay ay ibibigay ng Dios ng Israel sa kanila. Subalit dito man ay hindi niya mapigil ang kanyang pag-ibig kay Absalom. Samantalang si Joab, na pinangungunahan ang kanyang unang hanay, ay dumadaan sa hari, ang manlulupig ng isang daang mga pagbabaka ay itinigil ang kanyang mapagmalaking ulo upang pakinggan ang huling tagubilin ng hari, samantalang nanginginig ang kanyang tinig na sinabi, "Inyong gamitan ng kaawaan, alang-alang sa akin, ang binata, sa makatuwid baga'y si Absalom." At si Abisai at si Ittai ay tumanggap rin ng gano'ng tagubilin—"Inyong gamitan ng kaawaan, alang-alang sa akin, ang binata, sa makatuwid baga'y si Absalom." Subalit ang pakiusap ng hari, na tila nagpapahayag na si Absalom ay higit pang mahalaga para sa kanya kaysa kanyang kaharian, higit na mahalaga kaysa mga tapat niyang mga sakop na tapat sa kanyang
[886] trono, ay nagpatindi lamang lalo sa galit ng mga kawal laban sa balintunang anak.

Ang lugar ng labanan ay isang kakahuyan malapit sa Jordan, na kung saan ang malaking bilang ng hukbo ni Absalom ay isang kalugihan lamang sa kanya. Sa kalagitnaan ng mga sukal at mga burak ng kagubatan ang mga hukbong ito na walang disiplina ay nalito at hindi na mapangasiwaan. At "ang bayan ng Israel ay nasaktan doon sa harap ng mga lingkod ni David, at nagkaroon ng malaking patayan doon sa araw na yaon, na may dalawampung libung lalaki." Si Absalom, nang makita na sila ay talo na, ay pumihit upang tumakas, nang ang kanyang ulo ay nasabit sa pagitan ng dalawang sanga ng isang malaking puno, at ang kanyang kabayo ay nakaalis mula sa ilalim niya, siya ay naiwang walang magawa na nakabitin, isang mabibiktima ng kanyang mga kaaway. Sa ganitong kalagayan siya ay nasumpungan ng isang kawal, na, dahil sa takot na baka hindi kaluguran ng hari, ay hindi pinatay si Absalom, sa halip ay iniulat kay Joab ang kanyang nakita. Walang ano pa mang bagay ang nakapigil kay Joab. Kinaibigan na niya si Absalom, dalawang beses niyang ginawan ng paraan upang makasundo ng kanyang ama,

at ang pagtitiwala ay walang kahihiyan na pinagtaksilan. Kung hindi dahil sa mga kahigitang naging pakinabang ni Absalom bunga ng pamamagitan ni Joab, ang paghihimagsik na ito, kasama ng lahat ng kakilabutan nito, ay hindi sana kailan man nangyari. Ngayon ay nasa kapangyarihan ni Joab sa isang hampas upang puksain ang pasimuno sa lahat ng kasamaang ito. "At siya'y kumuha ng tatlong pana sa kanyang kamay at pinalagpas sa puso ni Absalom.... At kanilang kinuha si Absalom at inihagis nila siya sa malaking hukay sa gubat, at tinabunan siya ng isang malaking bunton ng bato."

Sa gano'ng paraan ay namatay ang pasimuno ng panghihimagsik sa Israel. Si Achitophel ay namatay sa pamamagitan ng sarili niyang kamay. Ang prinsipeng si Absalom, na ang maluwalhating kagandahan ay ipinagmamalaki ng Israel, ay naibuwal sa kalakasan ng kanyang kabataan, ang kanyang bangkay ay itinapon sa hukay, at tinakluban ng isang bunton ng mga bato, bilang tanda ng pangwalang hanggang kahihiyan. Sa buong panahon ng kanyang buhay si Absalom ay nan- garap para sa kanyang sarili ng isang mamahaling bantayog sa libis ng hari, subalit ang tanging bantayog na naging tanda ng kanyang libingan ay ang bunton ng mga bato sa ilang.

Nang mapatay ang pinuno ng panghihimagsik, si Joab sa pama- [887]
magitan ng hudyat ng pakakak ay tinawagan ang kanyang hukbo mula sa paghabol sa mga tumatakas na hukbo, at ang mga sugo ay kaagad pinahayo upang paratingin ang balita sa hari.

Ang bantay sa pader ng lungsod, na nakatingin sa lugar ng labanan, ay nakasumpong ng lalaki na tumatakbong nag-iisa. Di nagtagal ay may isa pa uling nakita. Samantalang ang una ay lumalapit, ang bantay ay nagsabi sa hari, na naghihintay sa tabi ng pintuang bayan, "Inaakala ko na ang takbo ng una ay gaya ng takbo ni Ahimaas na anak ni Sadoc. At sinabi ng hari, Siya'y mabuting lalaki at naparitong may mabuting balita. At tumawag si Ahimaas at nagsabi sa hari, lahat ay mabuti. At siya'y nagpatirapa sa lupa sa harap ng hari, at nagsabi, Purihin ang Panginoon mong Dios, na nagbigay ng mga lalaking nagsipagtaas ng kanilang kamay laban sa aking panginoon na hari." Sa tanong ng hari, "Ligtas ba ang binatang si Absalom?" Si Ahimaas ay nagbigay ng isang paiwas na sagot.

Ang ikalawang tagapagbalita ay dumating, na sumisigaw, "Balita sa aking panginoon na hari: sapagkat iginanti ka ng Panginoon sa araw na ito doon sa lahat na nagsibangon laban sa iyo." At muli

mula sa mga labi ng ama ay namutawi ang lubhang nakagaganyak na tanong, “Ligtas ba ang binatang si Absalom?” Hindi maikubli ang mabigat na balita, ang tagapagbalita ay sumagot, “Ang mga kaaway ng aking panginoon na hari, at yaong lahat na nagsisibangon laban sa iyo upang gawan ka ng masama ay maging gaya nawa ng binatang yaon.” Iyon ay sapat na. Si David ay hindi na nagtanong pa, ngunit samantalang nakayuko, siya ay “sumampa sa silid na nasa ibabaw ng pintuang bayan, at umiyak: at habang siya’y yumayaon, ganito ang sinasabi niya, Oh anak kong Absalom, anak ko, anak kong Absalom! Mano nawa’y ako ang namatay na kahalili mo, Oh Absalom, anak ko, anak ko!”

Ang nagtagumpay na hukbo, sa pag-uwi mula sa parang, papalapit sa lungsod, na ang mga sigaw ng pagtatagumpay ay pumupukaw ng mga alingawngaw sa mga burol. Subalit sa kanilang pagpasok sa pintuang bayan ang sigaw ay napawi, ang kanilang mga sagisag ay nanlupaypay na kasama ng kanilang mga kamay, at samantalang nakayuko siya ay sumulong na higit ang hitsurang natalo kaysa nanalo. Sapagkat ang hari ay hindi naghihintay upang sila’y salubungin, sa halip ay naririnig ang kanyang hagulhol mula sa silid sa itaas ng pintuang bayan, “Oh anak kong Absalom, anak
[888] ko, anak kong Absalom! Mano nawa’y ako ang namatay na kahalili mo, Oh Absalom, anak ko, anak!”

“At ang pagtatagumpay sa araw na yaon ay naging kapanglawan sa buong bayan: sapagkat narinig ng bayan na sinasabi sa araw na yaon, Ang hari ay nahahapis dahil sa kanyang anak.”

Si Joab ay napuno ng galit. Sila ay binigyan ng dahilan upang managumpay at magsaya; ang pinakamalaking panghihimagsik na kailan man na nalaman sa Israel ay naiguho; at gano’n pa man ang dakilang pagtatagumpay na ito ay naging pagdadalamhati para sa kanya na ang krimen ay naging sanhi ng pagdanak ng dugo ng libu- libong matatapang na mga lalaki. Ang marahas at tapatang magsalitang kapitan ay nagpilit makarating sa harap ng hari at may katapangang sinabi, “Iyong hiniya sa araw na ito ang mga mukha ng lahat na iyong lingkod na nagligtas sa araw na ito ng iyong buhay, at ng mga buhay ng iyong mga anak na lalaki at babae;...sa iyong pag-ibig sa napopoot sa iyo, at pagkapoot sa nagsisiibig sa iyo. Sapagkat iyong inihayag sa araw na ito, na ang mga prinsipe at mga lingkod ay walang anoman sa iyo: sapagkat aking nagugunita sa araw na ito,

na kung si Absalom ay nabuhay, at kaming lahat ay namatay sa araw na ito, sa gayo'y nakapagpalugod na mabuti sa iyo. Ngayon nga'y bumangon ka, ikaw ay lumabas, at magsalita na may kagandahang loob sa iyong mga lingkod: sapagkat along isinusumpa sa pangalan ng Panginoon, na kung ikaw ay hindi lalabas, ay walang matitira sa iyong isang tao sa gabing ito: at yao'y magiging masama sa iyo kaysa lahat ng kasamaan na sumapit sa iyo mula sa iyong kabataan hanggang ngayon."

Mapait at maging malupit man tulad ng pagsansala sa haring pinalo ang puso, hindi iyon nilabanan ni David. Nang makita na ang kanyang heneral ay tama, siya ay bumaba tungo sa pintuang bayan, at sa pamamagitan ng mga pananalita ng pagpapasigla at pagpuri ay binati ang kanyang matatapang na mga kawal samantalang sila ay lumalampas sa kanya. [889]

## Kabanata 73—Mga Huling Taon ni David

Ang pagkabagsak ay hindi kaagad naghatid ng kapayapaan sa kaharian. Malaking bahagi ng bayan ang nakiisa sa panghihimagsik kung kaya't si David ay hindi bumalik sa kanyang kapitolyo upang gampanan muli ang kanyang panunungkulan na walang paanyaya mula sa lipi. Sa pagkalito na sumunod sa pagkatalo kay Absalom walang isang madalian at may kapasyahang pagkilos upang maibalik ang hari, at nang sa huli ay nagpasya ang Juda na pabalikin si David, ang paninibugho ng ibang mga lipi ay napukaw, at isang ganting panghihimagsik ang sumunod. Ito, gano'n pa man ay madaling naipatigil, at ang kapayapaan ay nanumbalik sa Israel.

Ang kasaysayan ni David ay nagbibigay ng isa sa pinaka makapukaw damdamin na patotoo na kailan man ay naibigay tungkol sa mga panganib na nagbabanta sa kaluluwa mula sa kapangyarihan at kayamanan at makamundong karangalan—yaong mga bagay na pinakananasa ng mga tao. Kakaunti lamang ang kailanman dumaan sa isang karanasan na higit na angkop upang ihanda sila na mapanagumpayan ang gano'ng pagsubok Ang unang bahagi ng buhay ni David bilang isang pastor, at ang mga liksyon noon ng pagpapakumbaba, masikap na paggawa, at ng may pagmamahal na pangangalaga sa kanyang mga kawan; ang pakikipag-ugnayan sa kali- kasan sa katahimikan ng mga burol, pagpapalago sa kanyang karu- nungan sa musika at panulaan, at pag-uugnay ng kanyang mga pag- iisip sa Manlalalang; ang mahabang disiplina ng kanyang buhay sa ilang, na nanawagan sa paggamit ng lakas ng loob, katatagan pag- kamatiisin, at pananampalataya sa Dios, ay itinalaga ng Panginoon bilang paghahanda para sa trono ng Israel. Si David ay nagalak sa mahahalagang karanasan sa pag-ibig ng Dios, at mayamang pinag- kalooban ng kanyang Espiritu; sa kasaysayan ni Saul nakita niya ang lubos na kawalaan ng halaga ng pawang kaalaman ng tao. Gano'n pa man ang pagkatao ni David ay lubhang pinahina ng makamundong pagtatagumpay at karangalan kung kaya't siya ay
[890] paulit-ulit na nadaig ng kaaway.

Ang pakikisalamuha sa mga paganong mga bansa ay naghatid sa isang pagnanasang sundin ang kaugalian ng kanilang bansa at pumukaw sa ambisyon sa makamundong katanyagan. Bilang bayan ni Jehova, ang Israel ay pararangalan; subalit sa paglago ng pagmamataas at pagtitiwala sa sarili, ang mga Israelita ay hindi nasiyahan sa mga kahigitang ito. Sa halip ay pinahalagahan nila ang matulad sa ibang mga bansa. Ang espiritung ito ay hindi nabibigo sa paganyaya ng tukso. Sa layuning mapaabot ang kanyang panlulupig sa ibang mga bansa, ipinasya ni David na paramihin ang bilang ng kanyang mga hukbo sa pamamagitan ng pag-uutos ng paglilingkod militar mula sa lahat ng nasa angkop na gulang. Upang ito ay mapapangyari, kinailangang magkaroon ng sensus ng papulasyon. Pagpapalalo at ambisyon ang nag-udyok sa ginawang ito ng hari. Ang pagbibilang sa mga tao ay magpapahayag ng pagkakaiba sa pagitan ng kahinaan ng bansa nang si David ay pumanhik sa trono at sa lakas at pagiging maunlad noon sa ilalim ng kanyang pamumuno. Ito ay nakahilig sa lubos pang pagpapalakas sa lubha nang malaking pagtitiwala sa sarili kapwa ng hari at ng bayan. Wika ng Kasulatan, "Si Satanas ay tumayo laban sa Israel, at kinilos ni David na bilangin ang Israel." Ang pag-unlad ng Israel sa ilalim ng pamumuno ni David ay dahil sa pagpapala ng Dios at hindi sa kakayanan ng kanyang hari o sa lakas ng kanyang mga hukbo. Subalit ang pagpapadami ng mga kakayanan ng militar ay magbibigay ng kaisipan sa kalapit na mga bansa na ang pagtitiwala ng Israel ay sa kanyang mga hukbo, at hindi sa kapangyarihan ni Jehova.

Bagaman ang mga taong bayan ng Israel ay nagmamapuri sa kadakilaan ng kanilang bansa, hindi sila tumingin na may kaluguran sa panukala ni David sa gano'ng pagpapalaki ng militar. Ang pinanukalang pagtatala ay naging sanhi ng maraming hindi pagkasiya; dahil doon naisip na gamitin ang mga opisyal ng militar sa lugar ng mga saserdote at mga hukom, na dating kumuha ng sensus. Ang layunin ng gawaing iyon ay lubhang taliwas sa mga prinsipyo ng pamahalaan ng Dios. Maging si Joab ay tumutol, bagaman dati ay kilalang walang prinsipyo. Wika niya, "Gawin nawa ng Panginoon ang Kanyang bayan na makasandaang higit sa dami nila: ngunit panginoon ko na hari, di ba silang lahat ay mga lingkod ng aking Panginoon? bakit kinakailangan ng panginoon ko ang bagay na ito? Bakit siya'y magiging sanhi ng ipagkakasala ng Israel? Gayon

[891] may ang salita ng hari ay nanaig laban kay Joab. Kaya't si Joab ay yu- maon, at naparoon sa buong Israel, at dumating sa Jerusalem." Ang pagbibilang ay hindi pa tapos nang tanggapin ni David ang kanyang pagkakamali. Sinisisi ang sarili, na kanyang sinabi "sa Panginoon, Ako'y nagkasala ng malaki sa along nagawa: ngunit ngayo'y isinasamo ko sa Iyo na Iyong pawiin ang kasamaan ng Iyong lingkod; sapagkat along ginawa ng buong kamangmangan." Nang sumunod na umaga isang pahayag ang pinarating kay David sa pamamagitan ni propetang Gad: "Ganito ang sabi ng Panginoon, Piliin mo ang iniibig mo: Tatlong taong kagutom; o tatlong buwan ng pagkalipol sa harap ng iyong mga kaaway, samantalang ang tabak ng iyong mga kaaway ay umabot sa iyo; o kung dili ay tatlong araw na ang tabak ng Panginoon, samakatuwid bagay ang salot sa lupain, at ang anghel ng Panginoon ay mangwawasak sa lahat ng hangganan ng Israel. Ngayon nga'y," wika ng propeta, "akalain mo kung anong sagot ang ibabalik ko sa Kanya na nagsugo sa akin."

Ang sagot ng hari ay, "Ako'y totoong nasa kagipitan: ipinama- man- hik ko na ihulog mo ako ngayon sa kamay ng Panginoon; sapagkat totoong malaki ang Kanyang kaawaan; at huwag akong mahulog sa kamay ng tao."

Ang lupain ay hinampas ng salot, na pumuksa sa pitumpung libo sa Israel. Ang parusa ay hindi pa nakakapasok sa kapitolyo, nang "itinanaw ni David ang kanyang mga mata, at nakita ang anghel ng Panginoon na nakatayo sa pagitan ng lupa at ng langit, na may hawak na tabak sa kanyang kamay na nakaunat sa Jerusalem. Nang magkagayo'y si David at ang mga matanda, na nangakapanamit ng kayong magaspang ay nangagpatirapa." Ang hari ay nakiusap sa Dios alang-alang sa Israel: "Hindi ba ako ang nagpabilang sa bayan? sa makatuwid bagay ako yaong nagkasala at gumawa ng totoong kasamaan; ngunit ang mga tupang ito, ano ang kanilang ginawa? Idinadalangin ko sa iyo, Oh Panginoon kong Dios, na ang Iyong kamay ay maging laban sa akin, at laban sa sambahayan ng aking ama; ngunit huwag laban sa Iyong bayan, na sila'y masasalot."

Ang pagkuha ng sensus ay naging sanhi ng hindi pagkalugod ng bayan; gano'n pa man kanila ring inibig ang gano'n ding kasalanan na nag-udyok sa isinagawa ni David. Kung paanong nagparating ang Panginoon sa pamamagitan ng kasalanan ni Absalom ng hatol

kay David, gano'n din naman sa pamamagitan ng pagkakamali ni David Kanyang pinarusahan ang mga kasalanan ng Israel. [892]

Itinigil ng namumuksang anghel ang kanyang isinasagawa sa labas ng Jerusalem. Siya ay tumindig sa bundok ng Moriah, "sa giikan ni Ornan na Jebuseo." Sa pag-uutos ng propeta, si David ay pumanhik sa bundok, at doon ay nagtayo ng dambana para sa Panginoon, "at naghandog ng mga handog na susunugin, at ng mga handog tungkol sa kapayapaan, at tumawag sa Panginoon; at sinagot niya siya mula sa langit sa pamamagitan ng apoy sa ibabaw ng dambana ng handog na susunugin." "Sa gayo'y nadalanginan ang Panginoon dahil sa lupain, at ang salot ay tumigil sa Israel."

Ang lugar na kung saan ang dambana ay itinayo, na mula sa pagkakataong ito ay kikilalaning banal na dako, ay inialok ni Ornan sa hari na isang kaloob. Subali't ang hari ay tumangging tanggapin iyon na gano'n. "Katotohanang aking bibilhin ng buong halaga," wika niya; "sapagkat hindi ko kukunin ang iyo para sa Panginoon, o maghahandog man ng handog na susunugin na walang bayad. Sa gayo'y ibinigay ni David kay Ornan dahil sa dakong yaon ang anim na raang siklong ginto na pinakatimbang." Ang dakong ito, na makasaysayan bilang lugar na kung saan si Abraham ay nagtayo ng dambana upang ihandog ang kanyang anak, at ngayon ay pinabanal ng dakilang pagliligtas na ito, pagdaka ay napiling lugar ng templo na itinayo ni Salomon.

Isang kadiliman ang mamumuo sa huling mga taon ni David. Nakarating na siya sa edad na pitumpu. Ang mga kahirapan at mga pagkakalantad ng una niyang paglalagalag, ang marami niyang pakikipagbaka, ang mga pasanin at mga paghihirap ng huli niyang mga taon, ay umubos na sa bukal ng buhay. Bagaman taglay pa ng kanyang pag-iisip ang kalinawan at lakas noon, ang panghihina at edad, at ang pagnanasa noon na humiwalay, ay humadlang sa madaling pagkabahala sa nangyayari sa kaharian, at sa muli ang paghihimagsik ay bumangon sa nalililiman ng trono. Sa muli ang bunga ng pagpa- palayaw ni David bilang isang magulang ay na-hayag. Ang nagha- hangad ngayon sa trono ay si Adonia, isang "totoong makisig na lalaki" sa pagkatao at sa tindig, subalit walang prinsipyo at padalus- dalos. Sa kanyang kabataan siya ay napailalim sa kaunting pagbabawal lamang; sapagkat "hindi kinasama ng loob ng kanyang ama kailan- man, na nagsabi, Bakit ka gumawa ng

ganyan?" Siya ngayon ay naghimagsik laban sa awtoridad ng Dios,
[893] na pumili kay Salomon para sa trono. Kapwa sa likas na mga kaloob at pagiging relihiyoso si Salomon ay higit na nararapat kaysa kanyang kapatid na nakatatanda upang maging hari ng Israel; gano'n pa man bagaman ang pinili ng Dios ay malinaw nang ipinahayag, si Adonia ay hindi nabigong maka- kita ng mga karamay. Si Joab, bagaman maraming nagawang krimen, dati rati ay naging tapat sa trono; subalit ngayon ay sumapi sa sabwatan laban kay Salomon, gano'n din si Abiathar na saserdote.

Ang paghihimagsik ay hinog na; ang magkakasabwat ay natipon sa isang malaking piging sa labas lamang ng lungsod upang si Adonia ay iproklamang hari, nang ang kanilang mga panukala ay nasira dahil sa madaliang pagkilos ng ilang tapat na mga tao, na pangunahin doon ay si Sadok na saserdote, si Natan na propeta, at si Bathsheba na ina ni Salomon. Kanilang ipinahayag ang mga bagay na nangya- yari sa hari, na ipinaalala sa kanya ang ipinag-utos ng Dios na si Salomon ang hahalili sa trono. Kaagad si David nagbitiw para kay Salomon, na agad pinahiran ng langis at inihayag na hari. Ang sabwatan ay naguho. Ang pangunahing nagsiganap doon ay pinatawan ng parusang kamatayan. Ang buhay ni Abiathar ay iniligtas, bilang paggalang sa kanyang tungkulin at sa dati niyang katapatan kay David; subalit siya ay ibinaba mula sa tungkulin ng punong saserdote, na nalipat sa hanay ni Sadoc. Si Joab at si Adonias ay hindi agad pinatay, subalit nang mamatay si David kanilang dinusa ang kaparusahan ng kanilang kasalanan. Ang pagsasakatuparan ng hatol sa anak ni David ang tumapos sa apat na kaparusahan na nagpapato- too sa pagkamuhi ng Dios sa kasalanan ng ama.

Mula sa pinakasimula ng paghahari ni David isa sa pinakaiibig niyang panukala ay ang makapagtayo ng templo para sa Panginoon. Bagaman hindi siya nagpahayag ng kaunting kasigasigan lamang at pagsisikap alang-alang doon. Siya ay naglaan ng maraming mamahaling mga kasangkapan—ginto, pilak, batong onix, at mga batong may sari-saring kulay; marmol, at pinaka mamahaling mga kahoy. At ngayon ang mga mahahalagang mga kayamanang ito na kanyang natipon ay kinakailangang ipagkatiwala sa iba; sapagkat ibang mga kamay ang kinakailangang gumawa ng bahay para sa kaban, na sim- bolo ng presensya ng Dios.

Nakikitang ang kanyang wakas ay malapit na, ipinatawag ng hari ang mga prinsipe ng Israel, kasama ang kinatawang mga lalaki mula sa lahat ng bahagi ng kaharian, upang tanggapin ang kanyang [894] pamanang ipagkakatiwala. Ninais niyang itagubilin sa kanila ang kanyang huling hamon at kunin ang kanilang pagsang-ayon at suporta sa dakilang gawain na kinakailangang magampanan. Dahil sa kahinaan ng kanyang pangangatawan, hindi inaasahan na siya ay makakadalo sa pagsasaling ito; subalit ang inspirasyon ng Dios ay dumating sa kanya, at mayroong higit sa dati niyang sigla at kapangyarihan, nagawa niya, sa kahulihulihang pagkakataon, ang magsalita sa kanyang bayan. Sinabi niya sa kanila ang sarili niyang pagnanais na gumawa ng templo, at ang tagubilin ng Dios na ang gawaing iyon ay ipagkakatiwala sa kanyang anak na si Salomon. Ang paniniyak ng Dios ay, "Si Salomon na iyong anak ay siyang magtatayo ng Aking bahay at ng Aking mga looban; sapagkat Aking pinili siya upang maging anak Ko, at Ako'y magiging kanyang ama. At Aking itatatag ang kanyang kaharian magpakailan pa man, kung kanyang pamamalagiing sundin ang Aking mga utos at ang Aking mga kaha- tulan, gaya sa araw na ito." "Ngayon nga'y" wika ni David, "sa pa- ningin ng buong Israel, ng kapisanan ng Panginoon, at sa pakinig ng ating Dios, sundin at suriin ang lahat na utos ng Panginoon ninyong Dios: upang inyong ariin ang mabuting lupaing ito, at maiwang pinakamana sa inyong mga anak pagkamatay ninyo, magpakailan man."

Natutunan ni David sa pamamagitan ng sarili niyang karanasan kung gaano kahirap ang landas ng humihiwalay sa Dios. Nadama niya ang paghatol ng kautusang sinalangsang, at umani ng mga bunga ng pagsalangsang; at ang buo niyang kaluluwa ay kinilos ng pagsu- sumamo na ang mga pinuno ng Israel ay maging tapat sa Dios, at si Salomon ay sumunod sa kautusan ng Dios, umiwas sa mga kasalanan na nagpahina sa kapangyarihan ng kanyang ama, na nagpapait sa kanyang buhay, at lumapastangan sa Dios. Alam ni David na kailan- gan ng pagpapakumbaba ng puso, isang pagtitiwala sa Dios na tuluy- tuloy, at walang sawang pagpupuyat upang malabanan ang tukso na tiyak na papalibot kay Salomon sa kanyang mataas na kalagayan; sapagkat ang gano'ng pangunahing mga tao ay bukod tanging pinu- puntirya ng mga sibat ni Satanas. At humarap sa kanyang anak, na kinikilala nang hari bilang kanyang kahalili

sa trono, ay sinabi ni David: "At ikaw, Salomon na aking anak, kilalanin mo ang Dios ng iyong ama, at paglingkuran mo Siya ng sakdal na puso at ng kusang pag-iisip: sapagkat sinasaliksik ng
[895] Panginoon ang lahat na puso, at naalaman ang lahat na akala ng pag-iisip: kung iyong hanapin Siya, ay masusumpungan Siya sa iyo; ngunit kung pabayaan mo Siya, Kanyang itatakwil ka magpakailan man. Mag-ingat ka ngayon; sapagkat pinili ka ng Panginoon upang ipagtayo mo ng bahay ang santuwaryo; magpakalakas ka, at gawin mo."

Binigyan ni David si Salomon ng mga detalye ng pagtatayo ng templo, na may mga huwaran ang bawat bahagi, at ang lahat ng mga kasangkapan sa mga serbisyo, na ipinahayag sa kanya ng inspirasyon ng Dios. Si Salomon ay bata pa at umurong sa mabigat na responsi- bilidad na mapapalagay sa kanya sa pagtatayo ng templo at sa pamama- hala sa bayan ng Dios. Wika ni David sa kanyang anak, "Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang, at gawin mo: huwag kang matakot, o manglupaypay man; sapagkat ang Panginoong Dios, na aking Dios, ay sumasaiyo; hindi ka Niya iiwan, o pababayaan man."

Si David ay muling nanawagan sa kapisanan: "Si Salomon na aking anak na siya lamang pinili ng Dios ay bata pa at sariwa, at ang gawain ay malaki; sapagkat ang templo ay hindi ukol sa tao, kundi sa Panginoong Dios." Wika niya, "Akin ngang ipinaghanda ng aking buong kaya ang bahay ng aking Dios," at nagpatuloy siya upang banggitin ang mga materyales na kanyang natipon. Higit sa mga ito, wika niya, "Aking inilagak ang aking loob sa bahay ng aking Dios, na yamang may tinatangkilik ako na aking sariling ginto at pilak, ay aking ibinibigay sa bahay ng aking Dios, bukod sa lahat na aking inihanda na ukol sa banal na bahay; sa makatuwid bagay tatlong libong talentong ginto, na ginto sa Ophir, at pitong libong talentong dalisay na pilak upang ibalot sa mga panig ng bahay." "Sino nga," tanong niya sa nagtitipong karamihan ng nagdala ng kanilang malayang mga kaloob—"Sino nga ang maghahandog na kusa upang magtalaga sa Panginoon sa araw na ito?"

Nagkaroon ng handang kasagutan mula sa kapulungan. "Ang mga prinsipe ng mga sambahayan ng mga magulang, at ang mga prinsipe ng mga lipi ng Israel, at ang mga pinunong kawal ng lilibuhin at ng dadaanin, pati ng mga tagapamahala sa gawain ng

hari; at ibinigay nila sa paglilingkod sa bahay ng Dios, ay ginto, na limang libong talento, at sampung libong dariko, at pilak na sampung libong talen- to, at tanso na labing walong libong talento, at bakal na isang daang libong talento." At silang nangasumpungang may mga mahalagang bato ay nagsipagbigay sa kayamanan ng bahay ng Panginoon.... Nang magkagayo'y nagalak ang bayan, dahil [896] sa sila'y nangaghandog na kusa, sapagkat sila'y may dalisay na puso na nangaghandog na kusa sa Panginoon: at si David naman na hari ay nagalak ng dakilang pagkagalak.

"Kaya't pinuri ni David ang Panginoon sa harap ng buong kapisanan; at sinabi ni David, Purihin ka, Oh Panginoon, na Dios ng Israel na aking ama, magpakailan man. Iyo, Oh Panginoon ang kadakilaan, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, at ang pagtatagumpay, at ang karangalan: sapagkat lahat na nangasa langit at nangasa lupa ay Iyo: Iyo ang kaharian, Oh Panginoon, at Ikaw ay nataas na pangulo sa lahat. Kaya't ngayon aming Dios, kami ay nagpapasalamat sa Iyo, at aming pinupuri ang Iyong maluwalhating pangalan. Ngunit sino ako, at ano ang aking bayan, na makapaghahandog na ganyang kusa ayon sa ganitong paraan? sapagkat ang lahat na bagay ay nangagmumula sa Iyo, at ang Iyong sarili ay aming ibinigay sa Iyo. Sapagkat kami ay mga taga ibang lupa sa harap Mo, at mga nakikipamayan, gaya ng lahat naming mga magulang: ang aming mga kaarawan sa lupa ay gaya ng anino, at hindi nagtatagal. Oh Panginoon naming Dios, lahat ng bagay na ito na aming inihanda upang ipagtayo Ka ng bahay na ukol sa Iyong banal na pangalan ay nangagmumula sa Iyong kamay at Iyong sariling lahat. Talas- tas ko rin, Dios ko na Iyong sinusubok ang puso, at nalulugod sa katuwiran."

"Sa ganang akin, sa katuwiran ng aking puso ay aking inihandog na kusa ang lahat na bagay na ito: at ngayo'y nakita kong may kagalakan ang Iyong bayan na nahaharap dito, na naghahandog na kusa sa Iyo. Oh Panginoon, na Dios ni Abraham, ni Isaac, at ni Israel na aming mga magulang, ingatan Mo ito magpakailan man sa akala ng mga pag-iisip ng puso ng Iyong bayan, at ihanda Mo ang kanilang puso sa Iyo: at bigyan Mo naman si Salomon na aking anak ng sakdal na puso, upang ingatan ang Iyong mga utos, ang Iyong mga patotoo, at ang Iyong mga palatuntunan, at upang gawin ang lahat na bagay na ito, at upang itayo ang templo, na siyang aking ipinag- handa.

At sinabi ni David sa buong kapisanan, Ngayo'y purihin ninyo ang Panginoon ninyong Dios. At ang buong kapisanan ay pumuri sa Panginoon, sa Dios ng kanilang mga magulang, at iniyukod ang kanilang mga ulo, at sumamba sa Panginoon."

[897] May pinakamalalim na pagmamalasakit na tinipon ng hari ang mga materyales para sa pagpapatayo at pagpapaganda ng templo. Kinatha niya ang maluwalhating mga awit na sa sumunod na mga taon ay umalingawngaw sa mga bakuran noon. Ngayon ang kanyang puso ay pinagalak sa Dios samantalang ang prinsipe ng mga sambahayan at ang mga matanda ng Israel ay marangal na tumugon sa kanyang panawagan, at ipinagkaloob ang kanilang mga sarili sa mahalagang gawain sa harap nila. At samantalang ipinagkakaloob nila ang kanilang paglilingkod, sila'y naghandang magbigay pa ng mas marami. Dinagdagan nila ang mga handog, na ibinigay ang sarili nilang mga pag-aari sa kabang yaman. Nadama ni David ng husto ang pagiging hindi niya karapat-dapat sa pagtipon ng mga materyales para sa bahay ng Dios, at sa pagpapahayag ng katapatan ng mga marangal na tao sa kanyang kaharian, samantalang bukal sa puso na itinalaga nila ang kanilang mga kayamanan kay Jehova at itinalaga ang kanilang mga sarili sa paglilingkod sa Kanya, na puno ng kagalakan. Subalit ang Dios lamang ang nagbigay ng disposisyong ito sa Kanyang bayan. Siya, at hindi tao, ang kinakailangang luwal- hatiin. Siya ang nagkaloob sa bayan ng kayamanan ng lupa, at ang Kanyang Espiritu ang naghanda sa kanila upang bukal sa loob na dalhin ang kanilang mahahalagang mga bagay para sa templo. Ang lahat ng iyon ay dahil sa Panginoon; kung ang Kanyang pag-ibig ay hindi kumilos sa puso ng mga taong bayan, maaring nawalan ng saysay ang mga pagsisikap ng hari, at ang templo ay hindi sana naitayo kailan man.

Ang lahat ng tinatanggap ng tao mula sa kayamanan ng Dios ay pag-aari pa rin ng Dios. Anuman ang ipinagkaloob ng Dios na mahahalaga at magagandang mga bagay sa lupa ay inilalagay sa mga kamay ng tao upang sila ay subukin—upang ihayag ang kalaliman ng kanilang pag-ibig para sa Kanya at ang kanilang pagpapahalaga sa Kanyang mga kaloob. Maging iyon ay mahahalagang mga kayamanan o karunungan, iyon ay kinakailangang mailapag, na isang bukal sa loob na handog, sa paanan ni Jesus; na sinasabi ng nagkaka- loob, samantalang isinasagawa iyon, na kasama ni David,

"lahat ng bagay ay nangagmumula sa Iyo, at ang Iyong sarili ay aming ibinigay sa Iyo."

Nang kanyang nadama na ang kamatayan ay lumalapit na, ang pasanin ng puso ni David ay tungkol pa rin kay Salomon at sa kaharian ng Israel, na ang pagiging maunlad ay kinakailangang higit [898]
na nakasalalay sa pagiging tapat ng kanilang hari. "At kanyang itinago kay Salomon na kanyang anak, na sinasabi, Ako'y yumayaon ng lakad ng buong lupa; ikaw ay magpakalakas nga at magpakalalaki; at iyong ingatan ang bilin ng Panginoon mong Dios, na lumakad sa Kanyang mga daan, na ingatan ang Kanyang mga palatuntunan, ang Kanyang mga utos, at ang Kanyang mga kahatulan, at ang Kanyang mga patotoo,...upang ikaw ay guminhawa sa lahat ng iyong gawain, at saan ka man pumihit: upang papagtibayin ng Panginoon ang Kanyang salita na Kanyang sinalita tungkol sa akin, na sinasabi, kung ang iyong mga anak ay magsisipag-ingat sa kanilang lakad, na lalakad sa harap Ko sa katotohanan ng kanilang buong puso at ng kanilang buong kaluluwa, hindi ka kukulangin ng lalaki sa luklukan ng Israel." 1 Hari 2:1-4.

Ang "huling mga pananalita" ni David ayon sa pagkakatala, ay isang awit—isang awit ng pagtatagubilin, ng pinakamatayog na prinsipyo, at pananampalatayang hindi pumapanaw:

"Sinabi ni David na anak ni Isai,
    At sinabi ng lalaki na pinapangibabaw,
Na pinahiran ng langis ng Dios ni Jacob,
    At kalugod-lugod na mang-aawit sa Israel:
Ang Espiritu ng Panginoon ay nagsalita sa pamamagitan ko:...
    Ang naghahari sa mga tao na may katuwiran,
Na mamamahala sa katakutan sa Dios,
    Siya'y magiging gaya ng liwanag sa kinaumagahan
pagka ang araw ay sumisikat,
    Sa isang umagang walang alapaap;
Pagka ang malambot na damo ay sumisibol sa lupa,
    Sa maliwanag na sikat pagkatapos ng ulan.
Katotohanang ang aking sambahayan ay hindi gayon sa Dios;
    Gayon ma'y nakipagtipan siya
sa akin ng isang tipang walang hanggan,
    Maayos sa lahat ng mga bagay, at maaasahan:

Sapagkat siyang aking buong kaligtasan,
at buong nasa."

2 Samuel 23:l-5.

Malaki ang naging pagkahulog ni David, subalit malalim ang kanyang naging pagsisisi, maalab ang kanyang pag-ibig, at malakas ang kanyang pananampalataya. Siya na pinatawad ng malaki, kayat umibig siya ng malaki. Lucas 7:48.

[899] Ang mga awit ni David ay dumadaan sa lahat ng uri ng karanasan, mula sa kalaliman ng pagkabatid ng kasalanan at pagsisisi sa sarili hanggang sa pinakamataas na pananampalataya at pinakamarangal na pakikipag-ugnayan sa Dios. Ang tala ng kanyang buhay ay nagpapahayag na ang kasalanan ay nakapaghahatid lamang ng kahihiyan at kahirapan, subalit ang pag-ibig at kaawaan ng Dios ay maaaring makaabot sa pinakamalalim na kalaliman, ang pananampalataya ay magtataas sa nagsisising kaluluwa upang makibahagi sa pagkakaampon sa pagiging mga anak ng Dios. Sa lahat ng mga paniniyak na nilalaman ng kasulatan, iyon ay isa sa pinakamakapangyarihang pa- totoo tungkol sa katapatan, kahatulan, at tipan ng kaawaan ng Dios.

Ang tao "ay tumatakas na gaya ng anino, at hindi namamalagi," "ngunit ang salita ng ating Dios ay mamamalagi magpakailan man." "Ang kagandahang loob ng Panginoon ay mula ng walang pasimula hanggang sa walang hanggan sa nangatatakot sa Kanya, at ang Kanyang katuwiran ay hanggang sa mga anak ng mga anak; sa gayong nag-iingat ng kanyang tipan, at sa nagsisialaala ng Kanyang mga utos upang gawin." Job 14:2; Isaias 40:8; Mga Awit 103:17, 18.

"Anumang ginagawa ng Dios, magiging magpakailan pa man." Ecclesiastes 3:14.

Maluwalhati ang mga pangako na ginawa kay David at sa kanyang sambahayan, mga pangakong tumatanaw sa walang hanggang mga kapanahunan, at nagkakaroon ng ganap na katuparan kay Kristo. Inihayag ng Panginoon: "Aking isinumpa kay David na Aking lingkod...na siyang itatatag ng Aking kamay; palalakasin naman siya ng Aking bisig.... Ang pagtatapat Ko at ang kagandahang-loob Ko ay sasa kanya; at sa pangalan Ko'y matataas ang kanyang sungay. Akin namang ilalapag ang kanyang kamay sa dagat, at ang kanyang

kanan ay sa mga ilog. Siya'y dadaing sa Akin, Ikaw ay Ama ko, Dios ko, at malaking bato ng aking kaligtasan. Akin namang gagawin siyang panganay Ko, na pinakamataas sa mga hari sa lupa. Ang kagandahang-loob Ko'y aking iingatan sa kanya magpakailan man, at ang tipan Ko'y mananayon matibay sa kanya." Mga Awit 89:3-28.

"Ang kanya namang binhi ay pananatilihin
Ko magpakailan man,
At ang luklukan niya'y
parang mga araw ng langit."

Mga Awit 89:29.

"Kanyang hahatulan ang dukha sa bayan,
Kanyang ililigtas ang mga anak ng mapagkailangan,
At pagwawaray-warayin ang mangaapi.
Sila'y mangatatakot sa iyo [900]
habang nananatili ang araw,
At habang sumisilang ang buwan,
sa lahat ng sali't saling lahi....
Sa kanyang mga kaarawan
ay giginhawa ang mga matuwid;
At saganang kapayapaan,
hanggang sa mawala ang buwan.
Siya naman ay magtataglay
ng pagpapakapanginoon sa dagat,
At mula sa ilog hanggang sa wakas sa lupa."
"Ang Kanyang pangalan ay mananatili kailan man:
Ang Kanyang pangalan
ay magluluwat na gaya ng araw:
At ang mga tao ay pagpapalain sa kanya:
Tatawagin siyang maginhawa ng lahat ng mga bansa."

Mga Awit 72:4-8,17.

"Sapagkat sa atin ay ipinanganak ang isang Bata, sa atin ay ibinigay ang isang anak na lalaki; at ang pamamahala ay maaatang sa Kanyang balikat: at ang Kanyang pangalan ay tatawaging Kamanghamangha, Tagapayo, Makapangyarihang Dios, Walang hanggang

Ama, Pangulo ng Kapayapaan.” “Siya’y magiging dakila, at tatawaging Anak ng Kataastaasan: at sa Kanya’y ibibigay ng Panginoong Dios ang luklukan ni David na Kanyang ama: at Siya’y maghahari sa angkan ni Jacob magpakailan man; at hindi magwawa- kas ang
[901] Kanyang kaharian.” Isaias 9:6; Lucas 1:32, 33.

# Apendiks

Nota 1. (Pahina 304). Sa utos ng pagpapalaya sa Israel, ang Panginoon ay nagsabi kay Faraon, "Ang Israel ay Aking anak, Aking panganay:... Pahintulutan mong ang Aking anak ay yumaon, upang siya'y makapaglingkod sa Akin." Exodo 4:22, 23. Ang mang-aawit ay nagsaad sa atin kung bakit iniligtas ng Dios ang Israel mula sa Ehipto: "Kanyang inilabas ang Kaniyang bayan na may kagalakan, at ang Kanyang hirang na may awitan. At ibinigay Niya sa kanila ang mga lupain ng bayan na pinakaari: Upang kanilang maingatan ang kanyang mga palatuntunan, at sundin ang Kanyang mga kautusan." Awit 105:43-45. Dito'y nalaman nating ang mga Hebreo ay hindi nakapaglingkod sa Dios sa Ehipto.

Sa Deuteronomio 5:14, 15 masusumpungan natin ang tanging pagdidiin sa bahagi ng ikaapat na utos na ang mga aliping lalaki at aliping babae ay nagpahinga, at ang Israelita ay pinagwikaan na alala- hanin na siya ay naging alipin sa lupain ng Ehipto. Ang wika ng Panginoon, "Ang ikapitong araw ay Sabbath sa Panginoon mong Dios: sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa, ikaw, ni ang iyong anak na lalaki ni babae, ni ang iyong aliping lalaki ni babae, ni ang iyong baka, ni ang iyong asno, ni anoman sa iyong hayop, ni ang iyong taga ibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan; upang ang iyong aliping lalaki at babae ay makapagpahingang gaya mo. At iyong alalahanin na ikaw ay naging alipin sa lupain ng Ehipto, at ikaw ay inilabas ng Panginoon mong Dios doon sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay at unat na bisig: kaya't iniutos sa iyo ng Panginoon mong Dios, na ipangilin mo ang araw ng Sabbath." Sa Exodo 5:5 ay ating nalaman na ginawa ni Moises at ni Aaron na "pinapagpahinga sila sa mga atang sa kanila."

Sa ganitong mga bagay ay maari nating sabihing ang Sabbath ay isa sa mga bagay na hindi nila napaglingkuran ang Dios sa Ehipto; at nang si Moises at Aaron ay dumating na may mensahe ng Dios [902]
(Exodo 4:29-31), ay sinikap nila ang pagbabago, na nakadagdag lamang sa mga pang-aapi. Ang mga Israelita ay iniligtas upang mai-

ngatan ang mga utos ng Panginoon, kabilang ang ikaapat na utos, at ito'y naglagay sa kanila ng karagdagang kapanagutan, upang mahig- pit na ingatan ang lahat ng mga utos. Kaya't sa Deuteronomio 24:17, 18, ang tungkol sa pagkakaligtas sa kanila mula sa Egipto ay binang- git sa paglalagay sa kanila sa ilalim ng tanging kapanagutan na mag- pakita ng kagandahang-loob sa balo at sa walang ama: "Huwag mong ililiko ang matuwid ng taga ibang bayan, ni ng ulila; ni huwag mong kukuning sangla ang damit ng babaing balo: Kundi aalalahanin mo na ikaw ay naging alipin sa Ehipto, at tinubos ka ng Panginoon mong Dios mula roon: kaya't iniuutos Ko sa iyong gawin mo ang bagay na ito."

Nota 2. (Pahina 321). Na ang mga salot ay nangyari upang alisin ang tiwala ng mga Ehipcio sa kapangyarihan at pagsasanggalang ng kanilang diyus-diyusan, at pinalabas na ang mga diyos na ito ay nagpapahirap sa kanilang mananamba, ay makikita sa pag-aaral ng relihiyon ng Egipto. Ang ilang halimbawa ay magpapakita ng bagay na ito.

Ang unang salot, ang pagiging dugo ng tubig sa ilog Nilo at lahat ng lagusan ng tubig na naging dugo (Exodo 7:19), ay iniumang laban sa pinagmumulan ng pananatili ng Ehipto. Ang ilog Nilo ay iginaga- lang ng may kabanalan ng relihiyon ng Ehipto, at sa maraming dako ang mga sakripisyo ay isinasagawa sa Nilo tulad ng sa diyos.

Ang ikalawang salot ay nagdala ng mga palaka sa buong Ehipto, Exodo 8:6. Ang mga palaka ay sagrado sa mga Ehipcio at isa sa kanilang mga diyos. Si Heka, ay may ulong palaka na diyos na iniisip na nakakalalang. Nang ang mga palaka, sa sanhi ng utos ni Moises, ay dumami ng dumami na anupa't pinuno ang Ehipto mula sa isang dulo hanggang sa kabilang dulo, ang mga Ehipcio ay nagtaka kung bakit sa halip na tulungan sila ni Heka ay pinahi- hirapan pa sila na sumasamba sa kanya. Sa ganitong paraan, ang mga Ehipcio ay hindi lamang pinarusahan ng ikalawang salot, at sinaksihan din ang pagla- pastangan sa kanila, sa palagay nila, ng isa sa kanilang mga diyos (Exodo 9:3), na marami ang kumakatawan sa makapangyarihang mga diyos ng Ehipcio. Sa pagbanggit lamang ng ilan, ang bakang Apis ay itinalaga kay Ptah, ang ama ng lahat
[903] ng mga diyos, ang baka ay sagrado kay Hathor, isa sa mga higit na sinasambang babaeng diyosa ng Nilo, samantalang ang kambing ay

kumakatawan sa ilang mga diyos gaya ni Khnemu, at ang may ulong kambing na si Amen, na siyang punong diyos ng Ehipto sa panahon ng Bagong Imperio. Kaya nga, ang sakit na pumatay sa mga hayop na itinalaga sa kanilang mga diyos ay nagpakita sa mga Ehipcio ng pagkawalang kabuluhan ng kanilang mga diyos sa harapan ng Dios ng kinamumuhiang mga Hebreo.

Ang ika-siyam na salot (Exodo 10:21) ay nagbigay ng matinding dagok sa isa sa mga dakilang diyos ng Ehipto, ang diyos na araw na si Ra, na nagpapatuloy na sinasamba nang una pang kapanahunan sa kasaysayan ng bansa. Sa isang bansang halos hindi na nakakakita ng alapaap sa himpapawid, ang araw ay kinikilala na hindi nagkukulang ng kapangyarihan na nagbibigay ng init, liwanag, buhay, at paglago sa buong sanlibutan. Bawat haring Ehipcio ay ipinapalagay ang kanyang sariling "anak ni Ra," at dala ito sa kanyang titulo. Noong si Amen ng Thebes ay naging punong-diyos ng Ehipto nang ikala-bing-walong siglo, ang kapangyarihan ng diyos na araw na si Ra ay kinikilala na napakadakila, na anupa't nagkaroon ng kompromiso na pinagsama ang Amen at Ra upang magkaroon ng isang diyos—Amen-Ra. Makaraan ang ilang taon pagkatapos ng Exodo, nang si Ikhnaton ay ipairal ang isang dalawahang-diyos, ang nanatili lamang na diyos ay si Aton, ang mukha ng araw. Sa pagkakita kung paano kasidhi ang pagsamba sa araw sa relihiyon ng Ehipto, at kung paanong ang diyos na araw na si Ra ay kinilalang dakila, si Amen-Ra, o Aton ay sinasamba, mauunawaan nating ito'y nangyari sa pagtatapos ng labanan sa pagitan ng Dios ng mga Hebreo at ang Kanyang kala- bang Ehipcio.

Gayon din ang ikasampung salot, ang pagpatay ng mga panganay (Exodo 12:29), ay pinupuntirya ang isang diyos, at yaon ang hari, na ipinalalagay na si Horus, ang anak ni Osiris. Bilang puno ng bansang Nilo, siya'y tinatawag ng kanyang pinamumunuan na "ang mabuting diyos." Kaya ang huling salot ay pinutungan ng kapangyarihan ng kapangyarihan ng Dios ng mga Hebreo. Hanggang sa ngayon ang mga diyos na may hawak na kapangyarihan ng kalikasan sa mga Ehipto ay hiniya ng kinamumuhiang Dios ng mga Hebreong alipin, na pinagwikaan minsan ni Faraon ng,"Sino ang Panginoon na aking pakikinggan ang Kanyang tinig, upang pahintulutan kong yumaon [904]
ang Israel? Hindi ko nakikilala ang Panginoon at saka hindi ko pahi- hintulutang yumaon ang Israel." Exodo 5:2.

Nota 3. (Pahina 332). Sa Genesis 15:13 ay mababasa natin na ang Panginoon ay nagsabi kay Abraham, "Tunay na pakatalastasin mo, na ang iyong binhi ay magiging taga ibang bayan sa lupaing hindi kanila, at mangaglilingkod sa mga yaon; at pahihirapang apat na raang taon." Ang talatang ito'y nagbabangon ng tanong kung ang 400 taon ay tumutukoy sa panahon ng kapighatian o pagkaalipin o magkalakip, at kung ano ang kaugnayan ng 400 taon sa 430 taon ng Exodo 12:40, 41, at Galacia 3:16, 17.

Ang pangungusap sa Exodo 12:40 na, "ang pakikipamayan nga ng mga anak ni Israel, na ipinakikipamayan nila sa Ehipto, ay apat na raan at tatlong pung taon," ay nagbibigay ng isipang ang mga Israelita, mula sa pagpasok ni Jacob sa Ehipto hanggang sa Exodo, ay nakagugol ng 430 taon sa bansa ng Nilo. Na ang isipang ito ay hindi wasto ay maliwanag sa kinasihang paliwanag ni Pablo sa Galacia 3:16, 17, na ang 430 taon ay sinasaklaw ang panahon ng pakikipagti- pan ng Dios kay Abraham hanggang ang kautusan ay naganap sa Sinai. Waring tinutukoy ni Pablo ang unang pangako ng Dios kay Abraham nang siya'y tawagin sa Haran. Genesis 12:1-3. Sa pana- hong yaon nagsimula ang 430 taon, nang si Abraham ay 75 taong gulang (kapitulo 12:4), samantalang ang 400 taon ng hula ng Genesis 15:13 ay nagpasimula pagkaraan ng tatlumpung taon, nang si Abraham ay 105 taon at ang kanyang anak na si Isaac ay limang taon (kapitulo 21:5). Sa panahong yaon si Ismael na "ipinanganak ayon sa laman ay nag-usig sa ipinanganak ayon sa Espiritu" (Galacia 4:29; Genesis 21:9-11), na pasimula ng kapighatian ng binhi ni Abraham na magpapatuloy hanggang sa Exodo. Si Isaac ay hindi lamang nagkaroon ng kabagabagan sa kanyang kapatid na si Ismael, kundi gayun din sa mga Filisteo (Genesis 26:15, 20, 21); si Jacob ay itinakas ang kanyang buhay mula kay Esau (Genesis 27:41-43), at mula kay Laban pagkatapos (Genesis 31:21), at pagkatapos ay muling nasa panganib kay Esau (Genesis 32:8); si Jose ay ipinagbili sa pagkaalipin ng kanyang mga kapatid (Genesis 37:28), at ang mga anak ni Israel ay inapi ng mga Ehipcio ng maraming taon (Exodo 1:14).

Mula sa pagkatawag kay Abraham hanggang sa pagpasok ni Jacob sa Ehipto ay 215 taon, na siyang kabuuan ng (1) sa pagi-
[905] tan ng dalawampu't limang taon sa pagkatawag kay Abraham at pagkapa- nganak kay Isaac (Genesis 12:4; 21:5), (2) anim na pung

taon nama- magitan sa kapanganakan ni Isaac at Jacob (Genesis 25:26), at (3) ang gulang ni Jacob sa panahon ng kanyang pagpasok sa Ehipto (Genesis 47:9). Ito'y nag-iiwan ng 215 taon ng 430 taon ng aktuwal na panahon ng ginugol ng mga Hebreo sa Ehipto. Kaya nga ang 430 taon ng Exodo 12:40 ay nagsasama ng pananatili ng mga patriarka sa Canaan at gayun din sa Ehipto. Mula sa panahon ni Moises, ang Palestina ay bahagi ng imperio ng Ehipto, hindi kataka-taka na ma- sumpungan ang isang may-akda sa panahong yaon na isama ang Canaan sa terminong "Ehipto." Ang mga tagasalin ng Septuagint, sa pagkaalam na ang 430 taon ay kasama ng pananatili ng mga patriarka sa Canaan, ay idiniin ang puntong ito sa pagsasaad ng: "At ang pananahan ng mga anak ni Israel, samantalang sila'y nananahan sa lupain ng Ehipto at sa lupain ng Canaan, ay apat na raan at tatlumpung taon." Ang karagdagang pagpapatibay ng pagpapakahulugan ng 430 taon na ibinigay sa itaas ay masusumpungan sa hula na ang ikaapat na lahi ng mga pumasok sa Ehipto ay iiwanan ito (Genesis 15:16), at ang katuparan ay nakatala sa Exodo 6:16-20.

Nota 4. (Pahina 373). Ang mga Israelita, sa kanilang pagsamba sa gintong guya, ay nagpanggap na sinasamba nila ang Dios. Kaya nga si Aaron, nang pasimulan ang pagsamba sa diyus-diyusan, ay nag- saad, "Bukas ay isang kapistahan kay Jehova," Minungkahi nilang sambahin ang Dios, gaya ng pagsamba ng mga Ehipcio kay Osiris, gaya ng kahambing na larawan. Ngunit hindi matatanggap ng Dios ang gayong paglilingkod. Bagaman hinahandog sa Kanyang pangalan, ang araw na diyos, at hindi si Jehova, ang tunay na paksa ng kanilang pagsamba.

Ang pagsamba kay Apis ay sinasamahan ng pinakamahalay na gawain at itinatala ng kasulatan na ang pagsamba sa guya ng mga Israelita ay sinasamahan ng anyo ng pagsamba ng mga pagano. Ating mababasa, "At sila'y bumangong maaga nang kinabukasan, at nag- handog ng mga handog na susunugin, at nagdala ng mga handog tungkol sa kapayapaan; at ang bayan ay umupong kumain at uminom, at tumindig upang magkatuwa, at maglaro." Exodo 32:6. Ang salitang Hebreong "maglaro" ay taglay ang paglalarong lumulundag, kumakanta at sumasayaw. Ang pagsasayaw tangi na sa mga Ehipcio [906]
ay may kalaswaan at mahalay. Ang salitang "kasamaan" sa susunod na talata, na sinasabi, "Ang bayan na Iyong inilabas sa lupain ng Ehipto, ay pinasama ang kanilang sarili," ay tulad din ng ginamit sa

Genesis 6:11, 12, na ating nabasa na ang lupa ay sumama, "sapagkat pinasama ng lahat ng tao ang kanilang paglakad sa ibabaw ng lupa." Nagpapaliwanag ito ng masidhing galit ng Dios, at kung bakit ninasa Niyang puksain ang tao kara-karaka.

Nota 5. (Pahina 389). Ang Sampung Utos ay siyang mga "tipan" na binabanggit ng Dios nang iminungkahi ang pakikipagtipan sa Israel, Kanyang sinabi, "Kung susundin ninyo ang Aking tinig at iingatan ang Aking tipan," at iba pa, Exodo 19:5. Ang Sampung Utos ay tinaguriang "tipan" ng Dios bago nagkaroon ng pakikipagtipan sa Israel. Hindi ito mga pakikipagkasundong ginawa sa Israel, kundi bagay na ipinapaganap sa kanila ng Dios. Kaya ang Sampung Utos —Tipan ng Dios—ang siyang naging batayan ng tipan sa pamamagitan Niya at ng Israel. Ang Sampung Utos sa kanyang kabuuan ay "lahat ng mga salitang ito," na tumutukoy sa tipang ginawa. Tingnan ang Exodo 24:8.

Nota 6. (Pahina 418). Kung ang handog sa kasalanan ay ihain para sa saserdote o sa buong kapulungan, ang dugo ay dinadala sa banal na dako at iwiniwisik sa harap ng tabing at inilalagay sa sungay ng ginintuang dambana. Ang taba ay sinusunog sa dambana ng handog na susunugin sa dambana at ang katawan ng handog ay susunugin sa labas ng kampo. Tingnan ang Levitico 4:1-21.

Kung magkataon na ang handog ay para sa isang puno o isa sa mamamayan, ang dugo ay hindi inaalis sa banal na dako, ngunit ang laman ay kakanin ng saserdote, gaya ng utos ng Dios kay Moises, "Ang saserdoteng maghandog niyaon dahil sa kasalanan ay kakain niyaon: sa dakong banal kakanin, sa looban ng tabernakulo ng ka- pisanan." Levitico 6:26. Tingnan rin ang Levitico 4:22-35.

Nota 7. (Pahina 432). Na Siyang nagpahayag ng kautusan, na tu- mawag kay Moises sa bundok at nakipag-usap sa kanya, ay ang ating Panginoong Jesu-Kristo na sa pamamagitan Niya ang lahat ng bagay, ay maliwanag sa mga sumusunod na talata:

[907] "Ngunit sa ganang atin ay may isang Dios lamang, ang Ama, na buhat sa Kanya ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa Kanya; at isa lamang Panginoon, si Jesu-Kristo, na sa pamamagitan Niya ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa pamamagitan Niya." 1 Corinto 8:6. "Ito yaong naroon sa iglesia sa ilang na kasama ang anghel na nagsalita sa kanya sa bundok ng Sinai, at kasama ang ating mga magulang: na siyang nagsitanggap ng mga aral na buhay upang ibigay sa atin."

Gawa 7:38. Ang Anghel na ito'y Anghel ng pakikisama ng Dios (Isaias 63:9), ang Anghel na kinaroroonan ng pangalan ng dakilang Jehova (Exodo 23:20-23). Ang pangungusap na ito ay tumutukoy sa Anak ng Dios.

Muli: Si Kristo ay tinatawag na Salita ng Dios. Juan 1:1-3. Ga- noon ang tawag sa Kanya sapagkat ibinigay ang pahayag sa Kanya sa tao sa lahat ng kapanahunan sa pamamagitan ni Kristo. Ang Kanyang Espiritu ang inspirasyon sa mga propeta. 1 Pedro 1:10, 11. Ipinahayag Siya sa kanila bilang Anghel ni Jehova, ang Kapitan ng hukbo ng Panginoon, si Mikael ang Arkanghel.

Nota 8. (Pahina 713). Bumabangon ang katanungan, at ngayon ay pinagtatalunan. Kung ang teokrasya ay mabuti sa panahon ng Israel, bakit hindi ang isang teokrasyang pamahalaan ay magiging kasing- buti sa ating kapanahunan? Ang tugon ay madali:

Ang teokrasya ay hango ang kanyang kapangyarihan kapag-daka sa Dios. Ang pamahalaan ng Israel ay tunay na teokrasya. Tunay na yaon ay pamahalaan mula sa Dios. Sa pagliliyab ng halaman, ay inatangan ng Dios si Moises na patnubayan ang Kanyang bayang lumabas sa Ehipto. Sa pamamagitan ng mga tanda at kababalaghan at makapangyarihang milagro na naparami, ay hinango ng Dios ang Israel mula sa Ehipto at pinatnubayan sila sa ilang, at katapus-tapusan sa Lupang Pangako. Doon ay pinamahalaan sila sa pamamagitan ng mga Hukom "hanggang kay Samuel na propeta," na sa kanya, nang siya ay bata pa, nagsalita ang Dios, at ipinahayag ng Dios ang Kanyang kalooban. Sa panahon ni Samuel, ang bayan ay nagnasang magkaroon sila ng hari. Ito'y pinahintulutan, at pinili ng Dios si Saul, at pinahiran ni Samuel siyang hari ng Israel. Binigo ni Saul na sundin ang kalooban ng Dios, at sa pagtanggi niya sa salita ng Dios, ay itinakwil siya ng Dios sa pagiging hari at sinugo si Samuel upang pahiran si David na hari ng Israel; at natatag ng Dios ang trono ni David magpakailanman. Nang si Salomon ay humalili sa kaharian na kahalili ni David na kanyang ama, nakaulat: "Nang [908]
magkagayo'y naupo si Salomon sa luklukan ng Panginoon na pinaka hari na kahalili ni David na kanyang ama." 1 Cronica 29:23. Ang trono ni David ay trono ng Panginoon, at si Salomon ay lumuklok sa trono ng Panginoon na bilang hari ng kaharian ng Dios sa lupa. Ang pagka- kasunod mula sa trono ni David papunta kay Zedekias na napailalim sa hari ng Babilonia, at siyang pumasok sa pakikipagtipan

sa harap ng Dios na may katapatan na nagbibigay ng paglilingkod sa hari ng Babilonia. Nguni't sinira ni Zedekias ang kasunduan at sinabi ng Dios sa kanya:

"Ikaw, oh masama na nasugatan ng ikamamatay, na prinsipe sa Israel, na ang kaarawan ay dumating, sa panahon ng parusang pinakawawakas; Ganito ang sabi ng Panginoong Dios, Ilapag mo ang tiara, at alisin mo ang putong; ito'y hindi na mangyayari pa uli; itaas mo ang mababa at ibaba mo ang mataas. Aking ititiwarik, ititiwarik, ititiwarik: ito rin nama'y hindi na mangyayari uli, hanggang sa dumating yaong may matuwid ng Kanya; at aking ibibigay sa Kanya." Ezekiel 21:25-27. Tingnan rin ang Kapitulo 17:1-21.

Ang kaharian ay napailalim sa Babilonia. Nang lumagpak ang Babilonia, at humalili ang Medo-Persia, ito'y bumagsak sa unang pagkakataon. Nang bumagsak ang Medo-Persia at hinalinhan ng Gresia, ito'y muling bumagsak na ikalawa. Nang magbigay daan ang Imperyo ng Gresia sa Roma, ay bumagsak sa ikatlo. At pagkatapos ay sinabi ng salita, "Ito'y mawawala na, hanggang Siyang may karapatan ay dumating, at ibibigay Ko sa Kanya." Sino Siya na may karapatan? "Tatawagin mo ang Kanyang pangalang Jesus. Siya'y magiging dakila at tatawaging Anak ng Kataastasan: at sa Kanya'y ibibigay ng Panginoong Dios ang luklukan ni David na Kanyang ama: at Siya'y maghahari sa angkan ni Jacob magpakailan man; at hindi magkakawakas ang Kanyang kaharian." Lucas 1:31-33. At sa- mantalang Siya'y naririto bilang "isang Propeta," Anak ng kalumbayan at sanay sa kapighatian, nang gabing Siya'y ipagkanulo, Siya rin sa Sarili ang nagpahayag, "Ang Aking kaharian ay hindi sa sanlibutang ito." Kaya ang trono ng Panginoon ay inalis sa sanlibutang ito at "mawawala na, hanggang Siyang may karapatan ay dumating," at ito'y ibibigay sa Kanya. At ang panahong yaon ay ang katapusan ng sanlibutan, at ang pasimula ng "sanlibutang darating."

Sa labindalawang alagad ay sinabi ng Tagapagligtas, "Kayo'y
[909] ini- halal Kong isang kaharian, na gaya nga ng pagkahalal sa Akin ng Aking Ama, upang kayo'y magsikain at magsiinom sa Aking dulang sa kaharian Ko; at kayo'y magsisiupo sa mga luklukan, na inyong huhukuman ang labingdalawang angkan ni Israel." Lucas 22:29, 30. Sa ulat ni Mateo sa pangako ni Kristo sa labindalawa, naunawaan nating ito'y matutupad: "Sa pagbabagong lahi pagka uupo na ang Anak ng tao sa luklukan ng Kanyang kaluwalhatian, kayo nama'y

magsisiupo sa labingdalawang luklukan, upang magsihukom sa labingdalawang angkan ng Israel." Mateo 19:28. Sa talinghaga ng mga talento si Kristo ay sinasagisagan ang Kanyang sarili na isang mahal na tao na "naparoon sa isang malayong lupain, upang tumanggap ng isang kaharian ukol sa Kanyang sarili, at magbalik." Lucas 19:12. At Siya rin ang nagsabi kung kailan Siya luluklok sa Kanyang kaluwalhatian: "Pagparito ng Anak ng tao na nasa Kanyang kaluwalhatian, na kasama Niya ang lahat ng mga anghel, kung magkagayo'y luluklok Siya sa luklukan ng Kanyang kaluwalhatian: At titipunin sa harap Niya ang lahat ng mga bansa." Mateo 25:31,32.

Sa panahong ito ang revelador ay tumitingin sa hinaharap nang kanyang sabihin, "Ang kaharian ng sanglibutan ay naging sa ating Panginoon, at sa Kanyang Kristo: at Siya'y maghahari magpakailan pa man." Apocalipsis 11:15. Ang kaugnay na talata ay malinaw na tumutukoy kung kailan ito mangyayari: "nangagalit ang mga bansa, at dumating ang Iyong poot, at ang panahon ng mga patay upang mangahatulan, at ang panahon ng pagbibigay mo ng ganting-pala sa Iyong mga alipin na mga propeta, at sa mga banal, at sa mga natatakot sa Iyong pangalan, maliit at malalaki; at upang ipahamak Mo ang mga nagpapahamak ng lupa." Talatang 18. Ito ang panahon ng huling paghuhukom, ang gantingpala ng mga matuwid, at ang parusa ng masama na ang kaharian ni Kristo ay itatayo. Kung ang lahat ng sumalungat sa pamamahala ni Kristo ay malipol, ang kaharian ng lupang ito ay magiging kaharian ng Panginoon at ni Kristo.

Kung gayon si Kristo ang maghahari, "Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon." Apocalipsis 19:16. "At ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kadakilaan ng mga kaharian sa silong ng buong langit, magbibigay sa bayan ng mga banal ng Kataastasan." At "ang mga banal ng Kataastasan ay magsisitanggap ng kaharian, at aariin ang kaharian magpakailan man, sa makatuwid baga'y magpakailan-kailan man." Daniel 7:27, 18. [910]

Hanggang sa panahong yaon ang kaharian ni Kristo ay hindi mai- tatatag sa lupang ito. Ang Kanyang kaharian ay hindi sa lupang ito. Ang Kanyang mga taga-sunod ay magsusulit sa kanilang sarili "taga- ibang bayan at manglalakbay sa lupa." Wika ni Pablo, "Ang ating pagkamamamayan ay nasa langit, mula doon ay hinihintay na-

man natin ang Tagapagligtas, ang Panginoong Jesu-Kristo." Hebreo 11:13; Filipos 3:20.

Samantalang ang kaharian ng Israel ay lumipas na, hindi kailanman ibinigay ng Dios ang karapatan sa kaninumang tao ni kalipunan ng mga tao na isagawa ang Kanyang batas. "Akin ang paghihiganti; Ako ang gaganti, sabi ng Panginoon." Roma 12:19. Ang pamahalaang sibil ang may kinalaman sa kaugnayan ng tao sa tao, nguni't wala silang anumang kinalaman sa tungkulin na bumabangon sa kaugnayan ng tao sa Dios.

Maliban sa kaharian ng Israel, walang pamahalaang sumipot sa lupa na ang Dios sa pamamagitan ng mga kinasihang mga tao na nagpalakad ng pamahalaan. Sa panahong may mga taong sinikap na magtayo ng pamahalaang tulad ng Israel, ay kanilang kinuha sa kanilang sarili, na isalin sa kanilang sarili ang pagsunod sa kautusan ng Dios. Kinuha nila ang karapatan na saklawin ang konsyensya, at sa gayon inari ang kagustuhan ng Dios.

Sa huling pagsasala ng kasalanan, samantalang ang kasalanang laban sa Dios ay dinadalaw ng pansamantalang kaparusahan, ang hatol na iginagawad ay hindi lamang sa banal na kapahintulutan kundi sa Kanyang sariling kautusan. Ang mga mangkukulam ay kailangang patayin. Ang nangangalunya ay gayon din. Ang paglapastangan sa banal na bagay ay kailangang patayin. Mga buong bansang may mga diyus-diyusan ay kailangang lipulin. Ngunit ang pagsasagawa ng mga kaparusahang ito ay Siya ang nag-uutos, na nababasa ang puso ng mga tao, na nalalaman ang sukat ng kanilang kasalanan, at Siyang nakikitungo sa Kanyang nilalang na may karunungan at kahabagan. Kung ang tao, na may kahinaan at pagnanasa, ay sikaping gawin ang gayong gawain, hindi kailangan ang argumento upang ipakita ang pintong nakabukas sa walang pagpigil na pagkawalang katarungan at kalupitan. Ang pinakamasama at hindi makataong kasalanan ay maga- ganap at lahat ng mga ito ay sa banal na pangalan ni Kristo.

Sa mga batas ng Israel na nagpaparusa ng kasalanang laban sa Dios, ang mga argumento ay iniharap upang patunayan ang
[911] tungkulin ng pagpaparusa sa gayong kasalanan sa ating kapanahunan. Lahat ng taga-usig ay isinasagawa ito upang bigyang katuwiran ang kanilang gawa. Ang alituntunin ng Dios ay ibinigay sa tao ang karapatang supilin ang konsyensya ay siyang saligan ng kataksilan

ng relihiyon at pag-uusig. Ngunit ang lahat ng nangangatuwiran ng gayon ay hindi nakikita ang bagay na tayo ay nabubuhay ngayon sa ibang kapama- halaan, na higit na naiiba sa panahon ng Israel; na ang kaharian ng Israel ay isang uri ng kaharian ni Kristo, na hindi maitatatag hanggang sa Kanyang ikalawang pagparito; at ang tungkulin na nauukol sa Kanyang kaugnayan sa Dios ay hindi dapat gampanan o isagawa ng kapangyarihan ng tao.

Nota 9. (Pahina 720). Tungkol sa pagkilala sa Ramah ni Samuel sa Ramah ni Benjamin, sinaad ni Dr. Edersheim: "Ang dalawang pun- tong ito ay waring matatag: Ang tahanan ni Saul ay sa Gibeah, at una niyang natagpuan si Samuel sa Ramah. Ngunit kung gayon, halos hindi makapangyayari, dahil sa 1 Samuel 10:2, sa pagkilala ng Ramah ni Samuel sa Ramah ni Benjamin, o ipalagay ito na moder- nong Neby Samuel, apat na milya sa hilagang kanluran ng Jerusalem."